That Promdi Girl (PUBLISHED)
by owwSIC

(Wattys 2015 Winner, People's Choice Award) PUBLISHED UNDER PSICOM.

(Falcon Series #1)

Nagbago ang buhay ng Promdi Girl na si Althea Josefa Marinduque o Althea nalang para kyot nang pumunta siya sa Manila. Akala niya kasi trabaho ang pupuntahan niya pero hindi pala.

Bakit hindi sinabi sa kanyang mag-aasawa na pala siya? At hindi basta-bastang lalaki lang kundi isang super sayan - si San Goku. JOKE. Apo lang naman ng multi-millionaire businessman ang mapapangasawa ng ate niyo. Kabog, 'di ba?

Paano niya pakikisamahan ang masungit, palaging wala sa mood, at ginagawang hobby ang pagsimangot na si Elton Alexander Falcon? Kung pati ang paghinga ni Althea 'e kinaiirita ni Elton?

FALCON SERIES PRESENTS:
THAT PROMDI GIRL.
Ang babaeng bobita. Chos.

==========

Simula

https://youtu.be/8M47mA3lB3M

FALCON SERIES PRESENT:

THAT PROMDI GIRL (Ang babaeng bobita. 'chos!)

written by owwSIC

Simula

Hindi ko mapigilang hind imaging emosyonal habang nililisan ko ang maliit na bahay namin dito sa probinsya. Ito na kasi marahil ang kahuli-huling pagkakataon na masisilayan ko itong tahanan na naging saksi sa aking paglaki at pagkakaroon ng isip. Kung hindi lang siguro pumanaw si lolo ko na kaisa-isa kong pamilya hinding-hindi ako aalis sa probinsyang 'to. Pero ganon talaga, e. May mga bagay na kailangan mong kalimutan kahit na ayaw mo. Malulungkot ka lang kasi kapag patuloy mo pa ring inaalala.

Naks naman, Althea. Napahugot ka pa!

Kamamatay lang ni lolo ko noong isang linggo. Biglaan nga ang lahat. Hindi man niya lang sinabihan na "Apo, made-deds na ako. Iiwan na kita. Kthnxbye." Para sana napaghandaan ko. Kaso wala man lang abiso si lolo. Binigla niya ako. Wala naman siyang ano mang sakit o malalang karamdaman. Bigla nalang siyang tumumba habang nagbubuhat ng mga kahoy na gagamitin niyang panggatong. Ang sabi ng doctor na nagsuri sa kanya dala raw ng pagod at katandaan. Kung alam ko lang na magiging ganon 'edi sana hindi ko na siya pinapagalaw dito sa bahay. Si lolo rin kasi kung minsan ang tigas ng ulo, e.

Malaki ang naging gastusin ko sa pag-aasikaso ng libing ni lolo. Kaunti lang ang ipon naming dalawa at talagang hindi naging sapat. Wala rin kaming ibang pamilya o kamag-anak. Kung meron man siguro kinalimutan na kaming dalawa. Kami nalang dalawa ni lolo sa buhay. 'Yung mga magulang ko kasi bata palang ako nang namatay ang mga ito. Mabuti nalang dumating 'yung katiwala ng mayamang kaibigan ni lolo na taga-maynila . May dala itong pera na siyang nagamit ko sa pagpapalibing ko kay lolo. Sa telepono ko lang nakausap si lolo Andres-ang kaibigan ni lolo. Ang sabi ko babayaran ko siya kapag nagkaroon na ako ng trabaho.

Pero akala ko 'dun lang matatapos ang pag tulong niya. Nag offer din siya ng trabaho sa akin sa manila. Ang sabi ko pag-iisipan ko muna ang sinabi niya. Unang una kasi ayokong lisanin 'tong probinsya. Andito ang buhay ko. Itong lugar na 'to gamay ko na. Hindi tulad sa manila na bali-balitang magandang lugar nga pero talamak naman ang mga krimen at patayan. Natakot ako sa ganong balita.

Pangalawa, napapaisip ako kung kakayanin ko ba ang buhay maynila. Wala akong ibang kilala 'dun. Hindi tulad dito sa probinsya na marami akong kaibigan at may mangilan-ngilan ding ka-plastikan. Wala akong ibang tatakbuhan 'dun kapag nagkaroon ako ng problema. Alangan namang kay lolo Andres ako palagi hihingi ng tulong. Bukod sa nakakahiya na hindi pa kami close dalawa. Ang kapal naman ng panga ko kung sa kanya ako palagi lalapit, 'di ba?

Pero napaisip din ako kung sasayangin ko ang oportunidad na ito. Naisip ko kasi kung andito lang ako sa probinsya patuloy kong maaalala si lolo. Si lolo ko na pinakamamahal ko sa lahat pero iniwan na ako. Patuloy akong iiyak at malulungkot. Isa pa, baka sa maynila ang swerte ko. Maraming taga rito sa amin na lumuluwas pa-manila dahil maganda raw ang buhay 'dun. Ang ilan nga lang sa kanila ay sinuwerte

pero ang ilan ay lalong minalas.

Pinalaki akong madiskarte ni lolo sa buhay kaya pumayag na ako sa offer ni lolo Andres sa akin. Tinawagan ko siya kahapon na sabi ko ngayong araw nga ako luluwas pa-maynila. Tuwang-tuwa siya at agad na tinanong kung kailan ako luluwas papunta 'dun. Kakasabi ko nga lang na ngayong araw ako luluwas tas itatanong niya kung kailan. May saltik din si Lola Andres. Gusto pa nga niya sanang ipasundo ako pero sabi ko wag na at luluwas nalang ako. Hiningi ko nalang ang address niya sa manila at sinabing mga bandang hapon ang dating ko doon kung makarating ako ng buhay.

Huminga ako ng malalim at sinulyapan ng huling beses ang munti naming tahanan ni lolo. Pinipigilan ko na naman ang pag-iyak ko. Ang bigat pala talaga sa dibdib kapag iiwan mo ang bahay na naging tahanan mo sa napakatagal at mahabang panahon. Binuhat ko na ang dalawang maleta ko at isang bayong saka nagpatuloy sa paglalakad. Kahit medyo nabibigatan go lang. Mas mabigat pa rin naman ang loob ko dahil sa pag-iwan sa akin ni lolo. Echos.

Nakasalubong ko ang ilang kaibigan ko at sinabi nilang mag-iingat daw ako sa manila. Bumalik daw ako kapag mayaman na ako't wag makakalimot. Natawa nalang ako sa mga sinabi nila. Sana lang talaga ganon kadali magpayaman sa manila tulad ng inaakala nila. Hindi naman ako magbebenta ng katawan 'dun, 'noh.

Alam kong ang tulad kong laking-probinsya na walang sapat na edukasyon ay swerte nalang ang makakapitan kapag tumuntong ako sa manila. Kung ang ilang may pinag-aralan nga ay hirap sa pagyaman ako pa kayang hanggang high school lamang ang natapos? Saan ko huhugutin ang swerte ko? May nabibili bang swerte sa manila? 'Yung limang piso tatlo na sana para mas makamura.

Nakarating na ako sa may bus terminal sa bayan at bumili ng ticket. Pagkabili ko agad na akong umakyat sa bus na patungong manila. Mabuti nalang maaga ako bumyahe kaya may naabutan pa akong bus. Kapag kasi tanghali na ako wala ng bus na andito kahit marami pang pasahero. Masyadong malayo ang probinsya namin kaya mangilan-ngilang bus lamang ang nakakarating. Inaapi nila ang probinsya namin.

Number 24 ang upuan ko. Ibigsabihin medyo sa dulong gawi ako. Hirap akong dumaan dahil ang daming bagahe akong nadadaanan. Ang bigat pa ng dala kong dalawang maleta. Nang makarating ako sa may uupuan ko agad kong napansin ang isang lalaki na nakasuot ng salamin at sombrero.

Hindi ko mapansin ang mukha niya dahil medyo natatakpan ito ng suot niyang malaking salamin. Pero pansin na pansin ang matangos niyang ilong at medyo mapula niyang labi na nakanganga. Oo, nakanganga si kuya. Mukhang natutulog siya. Siya ang makakatabi ko. Agad akong napaisip kung paano ako makakaupo ganong inuupuan niya ang uupuan ko.

Naisip ko tuloy na ihampas sa kanya 'tong maleta ko nang magising siya't maloka. Pero siyempre hindi ko 'yun gagawin. Kahit mukhang kasing-edad ko lang siya o baka medyo matanda siya sa akin, baka kapag nagising siya bigla niya akong bangasan.

Gigisingin ko ba siya? Kaso mukhang tulog na tulog siya, e. Masamang gisingin ang

natutulog kasi. . kasi. . tulog siya. Basta masama raw 'yun sabi sa akin minsan ni lolo ko. Ayoko namang maging bastos. Pero kasi inuupuan niya ang upuan ko, e. Paano 'yan? Ba't kasi diyan siya nakaupo.

Mahina kong yinugyog ang balikat niya, "Kuya."

Walang reaction. Tulog na tulog.

Inulit ko, "Kuya. Gising. Upuan ko po 'yan."

Wala pa rin. Hay, nako. Bahala nga siya diyan.

Binuhat ko nalang ang isang maleta ko saka ipinasok 'dun sa may lagayan ng mga bag sa itaas. 'Yung isang maleta walang hirap kong nailagay kasi puro walang kwentang bagay lang naman ang laman 'nun. Isinunod ko naman 'yung isa pang maleta kung saan puro damit at mga abubot ko ang nakalagay. 'Dun ko rin nilagay 'yung kaisa-isa pero napakalaking picture frame ni lolo ko. Nahirapan ako sa pagbubuhat dito dahil nga mas mabigat ito. Dahil nangangalay na ang kamay ko sa sobrang bigat bigla itong dumulas at nahulog sa mukha ni kuyang natutulog. Agad nanigas ang katawan ko sa nangyari. Pakiramdam ko sarili kong mukha ang nasaktan sa dahil 'dun.

Agad kong tinignan si kuyang natutulog, "Kuya, sorry. Hindi ko sinasadya-"

Napatigil ako sa pagsasalita nang makita kong hindi siya nagising. Tulog na tulog pa rin siya. Napatagilid lang ang ulo niya pero naka-crossed arms pa rin siya. Sumarado na rin ang bibig niyang nakanganga kanina. Napataas ang kilay ko. Ano ba 'tong si kuya. Manhid? Walang pakiramdam? Hindi man lang nasaktan sa nangyari? Hindi man lang din nagising?

Hinayaan ko nalang siya. Mukhang wala din namang nakapansin sa nangyari kasi abala 'yung ibang pasahero kaya dedma nalang. Kinuha ko ulit 'yung maleta kong nahulog sa mukha ni kuya saka ibinalik sa itaas. Nang mailagay ko na ito maingat naman akong dumaan sa tabing upuan na inuupuan ni kuyang manhid. Bago ako umupo sa tabi niya inusog ko muna ang ulo niya.

Akala ko magigising na siya dahil kumamot siya sa ilong niya pero hindi pa rin pala. Tulog na tulog pa rin siya. Mabuti naman. Umupo na ako sa tabi niya at tumingin nalang sa may bintana. Tahimik akong nagdasal na sana maging maayos ang buhay ko sa maynila.

Habang nakaupo bigla kong naisip kung anong klaseng tao si Lolo Andres. Mabait kaya siya tulad ng mga kwento sa akin ni lolo ko noon? Hindi ko pa siya nakita, e.Tanging sa pamamagitan lamang ng mga kwento ni lolo ko siya nakilala. Ang tangi ko lang alam ay napakayaman niya nga dahil nagtrabaho si lolo sa kanya dati noon bago magkaroon ng sariling pamilya si lolo at lumipat dito sa probinsya.

-

Ilang oras na ang lumipas mula ng umandar ang bus na sinasakyan ko pero ang katabi ko natutulog pa rin. Minsan humihilik pa siya. Mabuti na 'yun dahil hindi ko alam kung papaano ako hihingi ng sorry nang dahil sa nangyari. Napansin ko rin kasi 'yung sugat sa may bandang pisngi niya. May maliit na gasgas na halatang dahil 'dun sa maleta kong tumama sa mukha niya. Nakaka-guilty tuloy dahil halatang makinis mukha niya tapos nasugatan ko lang. Siya rin naman kasi ang may kasalanan. Bakit kasi hindi siya umiwas.

Wala akong magandang tanawin na nakikita sa dinadaanan ng bus. Tanging mga puno lang. Ang mga mata ko tuloy muli na namang napabaling sa katabi kong tulog. Pinagmasdan ko ang ayos ni kuya. Halatang mamahalin ang suot niyang damit. Tapos 'yung relo niya magara rin. Sa probinsya rin ba siya galing? Mukhang mayaman siya pero bakit nag bus lang siya?

Ano bang pakialam ko? Ba't pati siya pinoproblema ko? Hay, ewan. Nagugutom lang talaga ako kaya pati 'tong natutulog pinagti-tripan ko na.

Inilabas ko ang suman na nasa bayong ko saka tahimik nalang kumain. Habang kumakain ako itinuon ko nalang ang pansin ko sa may flat screen na TV rito sa bus. Isang wedding scene sa isang movie ang pinapalabas. Napatigil ako sa pagkain ko at tinutukan ko ang palabas. Hanggang sa namalayan ko nalang ang sarili ko na umiiyak sa wedding vows nung lalaking bida. Kapag talaga wedding scene ang pinapanood ko hindi ko mapigilan na hind imaging madrama. Pangarap ko rin kasing ikasal tapos imbis na ako ang iiyak 'yung future husband ko dapat.

Todo pigil ako sa pag-iyak dahil wala naman akong pamunas. Pero masyadong matitigas ang ulo ng mga luha ko, teka may ulo ba sila?, pero basta nagsilabasan kasi sila. Napapahikbi tuloy ako habang nanonood.

"Miss, oh. Mukhang wala kang pamunas, e."

Napatingin ako sa nagsalita at nakita kong gising na si kuyang natutulog. Nakatanggal na rin ang suot niyang shades. Titig na titig siya sa akin na may bahid ng pag-aalala 'yung mga mata niyang kulay brown. Teka, ba't siya nag-aalala. Close ba kami? Sa pagkakatanda ko ngayon palang kami nagkaita, ah. Hindi nga namin kilala ang isa't isa.

Napatitig ako sandali sa kanya at na-realized kong mukha siyang artista. Jusko. Muntik na akong mag fangirl sa kanya pero buti nalang napigilan ko ang sarili ko. Naalala ko kasing 'di nga pala kami close. lol

"Hindi ko kailangan 'yan, kuya. Kaya ko sarili ko." pag tanggi ko sa panyo niya.

"Ahh, okay. Chill. H'wag kang masungit." sabi niya saka umayos ng upo "Sana lang din marunong kang mag sorry sa pagbagsak ng maleta sa mukha ko. Ang sakit kaya." Napahawak pa siya sa mukha niya saka habang nakangiwi na halatang nasaktan.

Nagulat ako, "Gising ka pala 'nung nabagsakan kita ng maleta sa mukha?" napatakip

pa ako ng bibig.

Sumulyap siya sa akin saka matipid na ngumiti, "Yeah. Masyado lang akong antok na antok kaya hindi na kita pinansin."

"Naku, kuya, sorry talaga. Hindi ko sinasadya. Ikaw naman kasi, e. Ginigising kita pero 'di ka gumigising."

Natawa siya, "Teka. Nag so-sorry ka ba o naninisi?"

"Nagso-sorry."

"Para ka kasing naninisi, e."

Hinampas ko siya sa braso, "Oy, kuya! H'wag ka ngang bintangero. Hindi naman tayo close pero bintang ka ng bintang. Wow, ah."

"Ikaw nga nananakit, e. Close ba tayo?" natawa siya "I'm just kidding."

Umayos ako ng pagkakaupo dahil naisip kong ang ingay ko pala rito sa loob ng bus. Itinuon ko nalang muli ang pansin ko sa TV saka muling naiyak-iyak.

"Oh, ba't naiiyak ka na naman diyan? Nag break ba kayo ng boyfriend mo?" pagsasalita na naman ni kuyang nasa tabi ko. Ba't ba kausap ng kausap sa akin 'to. Close ba kami?

"Kapag naiiyak tungkol sa boyfriend agad? Hindi ba pwedeng nakakaiyak lang ang palabas?"

Sinulyapan niya 'yung TV, "Anong nakakaiyak diyan? Eh, kasalanan lang naman?"

"Hindi mo maiintindihan kasi lalaki ka kuya," sagot ko saka suminghot "Isa sa greatest dream ng isang babae ang ikasal. Kaya h'wag ka ng maingay diyan. Hayaan mo akong i-enjoy 'tong moment ko."

Muli na naman siyang natawa, "Okay, ateng iyakin." bulong niya saka nanahimik na rin.

Natapos na ang palabas at bumalik ako sa pagkain ng suman ko. Habang kumakain napapansin kong napapatingin si kuyang feeling close sa akin.

Tinignan ko siya, "Gusto mo ba?" pag alok ko sa kanya sa suman.

"Ano ba 'yan? Masarap ba? Mukhang enjoy na enjoy ka sa pagkain, e."

"Syempre naman, 'noh. Masarap 'to." sabi ko saka kumuha ng isang suman sa loob ng bayong "Oh, ayan. 3 pa ibinigay ko sa'yo. Para-"

"Para I love you?"

"Lah, si kuya, joker. Tatlong suman para 'sorry na po' ang meaning. I love you ka diyan. Ay, close." Parehas kaming natawa sa sinabi ko.

Kinuha naman niya 'yung suman saka inamoy-amoy.

"Walang lason 'yan. Kung makaamoy akala mo lalasunin."

"Inaamoy ko lang kung mabango."

"Ay, teka. May cologne ako rito. Gusto mo pala 'yung mabango, e. Pabanguhan muna natin."

"Grabe ka. Lahat nalang ng sinasabi ko binabara mo. Haha." binuksan niya 'yung suman saka kumagat. Dahan-dahan niya pa itong nginuya "Uhm, sarap, ah. Sana pala bumili ako ng ganito kanina."

"Eh, ano bang ginawa mo sa probinsya?"

"Work," lumunok siya saka muling nagsalita "Hindi na nga ako nagdala ng sasakyan dahil nakakapagod magbyahe."

"Hindi ko naman tinatanong." sagot ko saka kumagat sa suman na hawak ko.

Natawa lang siya, "Sinasabi ko lang. Haha." pagpatuloy niya "Ikaw, saan punta mo?"

"Sa maynila. Work din."

"Hindi ko naman tinatanong," pag gaya niya sa akin kaya bigla akong napatingin sa kanya "Joke lang. Hehe."

"Kyot mo, kuya." napairap ako saka napangiti rin.

Nakaka-enjoy din pala 'tong kausap si kuya, e.

Hindi ako na-bored sa matagal na byahe ko papuntang maynila. Bukod kasi sa nag e-

enjoy akong kausapin si kuya nag eenjoy din akong bara-barahin siya. Kahit ngayon palang kami nagkakilala halatang mabait siya. Kasi kung 'di siya mabait edi sana kanina pa niya ako binigwasan dahil sa paulit-ulit kong pambabara sa kanya. lol.

Nag kwentuhan lang kaming dalawa ni kuya habang kumakain ng suman. Sinasamantala niya ang pag ku-kwento ko kaya napapadami na siya ng kain. Ayos lang naman sa akin dahil madami akong ginawang suman na pasalubong ko kila lolo Andres. Sabi ko nga kay kuya bibigyan ko siya ng extra suman bago kami makarating ng maynila.

"Ano bang pangalan mo? Kanina ka pa kuya ng kuya sa akin, e. 22 lang kaya ako."

"20 lang ako, kuya."

"Naka-kuya ka na naman."

"Ay, bakit? Gusto mo ba ate? Hindi mo naman sinabing bading ka."

Napalakas ang tawa niya kaya nagtinginan ang ibang mga pasahero sa amin, "Ikaw kasi patawa ka ng patawa. Ayan tuloy, pinagtinginan tayo."

"Hala! Ikaw lang kaya pinagtinginan. Dinamay mo pako."

"Pero seryoso. Ano nga pangalan mo? I'm Jonas by the way."

"Ayoko sabihin pangalan ko sa'yo."

"Bakit naman?" nagtataka niyang tanong.

"Hindi pa naman kita ganung kilala, 'no. Ganyan ba talaga kayong mga taga-maynila? Masyadong mabibilis? Kapag nalaman mo na ang pangalan ko anong sunod mong itatanong? Address ko? Tapos number ko? Tapos itetext mo ako? Bobolahin, paasahin, tapos sasaktan? No, thanks, kuya. Hindi ko sasabihin pangalan ko sa'yo."

Napatitig siya sa akin ng sandali saka muli siyang napabulalas ng tawa. Napahawak pa siya sa tiyan niya at halatang laughtrip sa sinabi ko.

Ano kayang nakakatawa 'dun?

Mukhang shunga si kuya.

Ang ending, nakarating kaming dalawa sa maynila na hindi ko sinasabi pangalan ko sa kanya. Mahirap na, 'no. Mahirap ng masaktan. Saan ba nagmumula ang sakit na 'yan? Hindi ba kapag natanungan ng pangalan. Lols. Umiiwas lang ako sa sakit. Hindi pa ako ready masaktan kahit na medyo cutie-pie si kuya na ang pangalan ay Jonas.

"Dito ka na?" tanong sa akin ni Jonas nang nasa ibaba na kami ng terminal.

"Ay, hindi. 'Dun. 'Dun." tinuro ko 'yung kabilang kalsada.

"Loko-loko ka talaga. Haha." Sinukbit niya 'yung bag niya "Dito na ako. Ingat ka kung saan ka man pupunta."

"Malamang. Alangang hindi ako mag-ingat. Common since nga, kuya!"

"Common sense 'yun." pag-korek niya sa akin.

"Parehas lang 'din 'yun." sagot ko "Masyado kang perpeksyonis."

"Perfectionist kasi."

Inilapag ko 'yung dala kong maleta, "Ay, sige. Mag tamaan tayo ngayon dalawa. More correct more fun ka rin, 'no?" sabi ko "Ano pang alam mo?"

Tawa na naman siya ng tawa, "Alam kong probinsyana ka."

"Obvious naman 'yun." muli kong binuhat 'yung dalawang maleta "Aalis na ako. Saan ba pwedeng makasakay ng taxi dito? Sabi kasi nung pupuntahan ko sumakay daw ako ng taxi."

"Ayun, oh!" tinuro niya 'yung kabilang kalsada kung saan may mga taxi na nakaparada. "H'wag ka lang papauto sa mga 'yan. Malakas sila mantaga sa bayad kapag alam nilang bagong salta ang pasahero."

"Hindi naman ako uto-uto." saad ko "Sige, Jonas. Aalis na 'ko. Salamat sa kakaunting oras na nilaan natin sa isa't isa. Adios."

Ngumiti siya saka kumaway, "Bye, ateng iyakin, mag-ingat ka."

"Bye, kuyang manhid. Mag-ingat sila sa'yo."

Tumawid na ako sa may kabilang kalsada saka ibinigay 'yung address na pupuntahan ko. Bago pa tuluyang umandar ang taxi nakita kong nakatingin si Jonas sa akin saka kumaway. Inirapan ko nalang siya para kunwari snob ako sa personal. Habang nakaupo hindi ko maialis sa sarili ko ang ngiti sa mga labi ko. Saka ko naisip kung may chance pa kayang muli kaming magkitang dalawa ni Jonas?

Baka may forever kaming dalawa. Echos.

Sorry na, lolo ko. Hindi ako haharot dito sa manila. Trabaho ang ipinunta ko rito at hindi landi. Hehe.

==========

Chapter 1

THAT PROMDI GIRL

Written by owwSIC

Chapter 1.

Ilang minuto na ang nakakalipas simula ng maghiwalay kaming dalawa ni Jonas at sumakay ako rito sa taxi pero hanggang ngayon hindi pa rin mawala ang ngiti sa labi ko.

Ajuju, lantod. Hindi kasi. Natatawa lang ako sa naging mga usapan namin kanina. Para kasing ang tagal-tagal na namin magkakilala. Parang ang gaan-gaan ng loob ko sa kanya. Siguro magkaibigan ang mga libag naming dalawa noong past life namin, 'no? Oh, baka naman friends ang mga balikat't batok namin noong unang panahon?

Sigurado rin akong hindi basta-basta tao si Jonas. Isa siyang sayans. Like ni Goku and Vegeta. Charot. Alam kong mayaman 'yung lalaki na 'yun at napaka-low profile lang kaya kaya niyang makihalubilo sa mga poor people sa paligid niya like me. Habang nag-uusap kasi kaming dalawa kanina nag-e-english siya na halatang natural lang sa kanya. Hindi tulad ko na kapag nag e-english 'e one word na nga lang mali-mali pa.

Common since. Tse. Common genes pala 'yun. Akala ko common since.

Perpeksyonis. Ano nga ulit sabi ni Jonas, 'dun? Hindi ko na maalala. Basta parehas lang ng pagbigkas, e. Parang pinaarte niya lang.

So, anyway. Nakakaloka pala talaga rito sa maynila. Ang laki-laki pala talaga ng syudad na 'to. Hindi gaya sa probinsya namin na ilang kembot lang nasa bayan ka na tapos kembot ka ulit nasa may plaza ka naman. Tapos isa pang kembot kaharap mo na 'yung mga plastic mong kapitbahay at nakikipag-plastikan kana. Eh, dito ilang minuto na akong nakaupo sa taxi ni manong driver pero 'di pa rin kami dumarating sa paroroonan ko. Mukhang may forever talaga.

Forever matagal ang byahe.

Ibinaling ko ang tingin ko sa may bintana. Hindi ko maiwasang hindi humanga sa mga matataas na building na nakikita ko. Ito pala talaga ang sinasabi nilang syudad. Grabe. Ang ganda pala talaga. Sana buhay pa si lolo para sabay namin nakikita ang ganda ng manila. Si lolo naman kasi, e. Masyadong excited pumunta sa kabilang buhay.

Nag meet and greet na kaya sila nila Itay and Inay 'dun? Sana may i-send silang picture sa akin with caption na "Anak, sunod na you. Asap."

"Aha! Alam ko na!" sabi ko sa sarili ko nang may naisip ako.

Binuksan ko 'yung isang maleta at kinuha 'yung malaking picture frame ni lolo. Sa loob ng isang linggong pagkawala ni lolo itong picture frame nalang niya ang madalas kong kinakausap. Kinakausap ko ito na parang buhay na buhay pa siya.

"Lolo, tignan mo 'yung building na 'yun, oh. Sobrang taas!" pagtuturo ko 'dun sa nadaanan naming mataas na building na ang daming bintana "Kapag kaya nasa tuktok tayo niyan, lolo, tapos itinulak kita, mababuhay ka pa kaya?" bigla akong napasimangot "Hindi na natin masusubukan kasi wala ka na. Nakakalungkot talaga, lolo."

Ibinalik ko na sa maleta ko 'yung picture frame ni lolo nang pumasok ang taxi sa isang napakalaking gate. Huminto muna ito nang humarang ang dalawang security guard na may dalang mahahabang baril. Parang sa mga pelikula lang na napapanood ko. May ganito rin pala sa totoong buhay.

Muling umandar ang taxi pagtapos makipagplastikan-este makipagngitian ni manong driver sa mga security guard. Ilang sandali pa tumigil na 'yung taxi sa isang napakalaking gate na kulay itim. Sumilip muna ako sa may bintana para makita ko 'yung nakasulat sa may gate.

"Falcon Residence," pagbabasa ko saka itinuon ang pansin kay manong "Manong, sigurado ka? Dito na 'yun?"

Sumulyap siya sa akin, "Ano bang sabi sa papel? 'Di ba, falcon residence, Aviana Subdivision?"

Binasa ko ulit 'yung nasa papel at tama nga si Manong. "Ah, oo nga, 'no. Magkano pala babayaran ko?"

"Isang libo nalang, miss."

Nagulantang ako, "ANO? Isang libo? Ano 'yang krudo niyo, ginto? Ginto ba nilalabas na usok ng taxi niyo?"

"Miss, malayo 'tong Avaiana Subdivision mula sa pinanggalingan natin. Wala ng mura sa mundo."

"May mura pa sa mundo, Manong!"

"Ano?"

"Punyeta. Punyemas. Put-"

"Miss, itigil mo na 'yan. Baka kung ano pang mura ang masabi mo."

"Pero meron pa ngang mura bukod sa mga mura na alam ko," pagpupumilit ko.

"Sige, ano?"

"Yung suman sa probinsya naming tatlo sampong piso. Minsan nga makukuha mo pa ng apat sampong piso kapag wala ng nabili, e." pagmamalaki ko.

"Miss, wala akong pake sa suman sa probinsya niyo. Magbayad ka nalang."

"Wala na bang tawad, Manong? Sige na. Bago lang ako sa maynila, e."

"Palengke ba 'to, Miss? Pumunta ka sa baranggay at 'dun ka huminga ng tawad."

"Pwede?" namangha kong tanong.

"Ewang ko sa'yo, Miss. Nakakabobo ka kausap. Magbayad ka nalang."

"Sungit naman nito. Masusungit ba talaga taxi driver dito sa manila? Ang mga driver sa probinsya naming mga friendliness, e."

"Friendly 'yun, Miss."

"Ganun na rin 'yun," sagot ko na hindi man lang tinatapunan ng tingin si manong dahil busy ako sa pagbibilang ng natira kong pera sa pitaka ko.

Puro tagbebenteng lukot at barya nalang ang laman ng pitaka ko na sa kasamaang palad hindi na umabot ng isang libo. Nasa walongdaan na lamang ito. Kahit anong taktak ko sa pitaka wala ng nailalabas na pera.

Tumingin ako kay Manong, "Hehehe. Manong."

"Miss, alam ko 'yang ganyang ngiti. Kulang, 'no?"

Tumango ako, "Oo, e. Hindi ko naman alam na mahal pala mag taxi rito sa Maynila."

"Tsk. Osya, ayos na 'yan. Sa susunod 'wag kana magta-taxi, ah. Lakarin mo nalang."

"Salamat, Manong!" sabi ko saka binigay sa kanya ang walong daan "Eto po suman. Masarap 'yan!" inabutan ko siya ng dalawang suman at tinanggap naman niya.

Lumabas na ako ng taxi ni manong habang buhat-buhat na naman ang dalawang maleta ko at isang bayong. Kung napanganga ako sa mataas na gusaling nadadaanan namin kanina mas lalo akong napanganga nang dahil sa gate na nasa harapan ko. Kulay itim ito na halatang gawa sa isang mamahaling bakal. Tapos 'yung Falcon Residence na nakasulat kulay ginto ito. Mukhang hindi lang mayaman si Lolo Andres kundi super duper extra mega yaman na tao pa.

May nakita akong pindutan na may camera sa gilid. Pinindot ko ito.

"Good Day! This is falcon Residence. How may I help you?" pagsasalita 'nung camera. Taray. Talking camera.

"Hello, camera! Ako si Althea Josefa Marinduque. Pinapunta ako ni Lolo Andres dito." Kumaway-kaway pa ako sa camera "Ikaw, Camera. May pangalan ka ba? What's name is your?"

Teka? Tama ba 'yung tanong ko? "Este, what your is name?"

Muli akong napaisip. Parang mali 'yung tanong ko. "What is your camera name?" mahina ko ng tanong sa sarili ko. Hindi pa rin sigurado kung tama ang nasambit kong katanungan.

"Thank you, Ms. Marinduque. Falcon's gate is now about to open." sagot sa akin nung talking camera tapos walang ano anu'y biglang bumukas ang malaking gate.

"WOW!" napahanga na naman ako dahil sa nakita ko. Otomatiko kasing bumukas 'yung gate nila.

Pumasok na ako sa loob at agad inilibot ang mga mata ko. Ang daming puno sa paligid na halatang maiging inaalagaan ng kung sino. Sa bandang kaliwa may flower garden na may iba't ibang kulay ng bulaklak na nakatanim. May bahay kubo rin 'dun na kulay pink ang pintura. Kay Lolo Andres kaya 'yun? Nagpatuloy naman ako sa paglalakad at nakita ko ang limang kotse na naka-park sa isang napakalaking bahay.

JUSKO. Lord, totoo bang bahay 'to? Parang malacanang palace na 'tong nasa harapan ko sa laki, e. 'Yung mga kotse pang nakikita ko sa harapan ang gaganda.

Pangmayayaman talaga. Sa maynila lang talaga ako makakakita ng ganito dahil walang mga ganito sa probinsya.

Ang sa probinsya kasi pagandahan lamang ng tricycle, e. Napatingin ako sa may gawing kanan ko. May malaking swimming pool 'dun tapos sa tabi nito isang fountain na may dalawang angels na naglalabas ng tubig mula sa bibig. Angels ba 'yun o tilapia?

"Magandang Araw, Ms. Marinduque."

Napalingon ako sa likuran ko nang may magsalita. Pag tingin ko may isang lalaking nakasuot ng parang pang-business ang sumulpot. Nasa katandaan na siya. May suot din siyang salamin. May kasama siyang dalawang lalaki na nakasuot ng puting polo.

"Magandang Araw din po." sagot ko.

Ngumiti siya sa akin, "Get her luggages."

Biglang kinuha nung dalawang lalaki 'yung dala kong maleta. Muntik pa silang mag-agawan.

"Kayo po ba si Lolo Andres?" tanong ko sa kanya.

Hindi ko pa kasi talaga nakikita si Lolo Andres. Tanging sa telepono ko lamang siya nakausap nakaraan.

Umiling ito, "Hindi. Ako si Fernando-ang kanang kamay ni Lord Andres. Napagutusan akong asikasuhin ka kapag dumating kana rito. This way, Ms. Marinduque. Sundan niyo po ako."

Nauna na siyang naglakad kaya sumunod ako. Pumasok kami sa loob ng malaking bahay at mas lalo akong humanga sa nakita kong mga kagamitan sa loob. Tanging puri puti lamang ang nakikita ko. Magmula sa upuan at sa mga naka-display sa bawat gilid ng bahay. May mga painting din sa may dingding ng kung anu-anong hindi ko ma-gets ang ibigsabihin.

Istrak painting ata tawag sa mga ganon o imprak painting? Hindi ko matandaan, e. Ugh. Sakit sa ulo.

Napahinto na lamang ako nang makita ko ang isang malaking family picture kung saan nakakita ako ng mga gwapo at napakagandang nilalang. May isang medyo matanda na, tapos parang mag-asawa 'yung dalawa at 'yung lima na lalaki naman ay mga anak nila. 'Yung isa bata pa na sobra kung makangiti sa larawan. Ang sarap-sarap tuloy kurutin ng pisngi nung bata dahil namumula ito at sobrang taba.

Parang sioapo na asado. Rawr. Sarap kagatin 'nung pisngi. Ka-kyot ba!

"Sino po sila?" nagtataka kong tanong habang nakatitig sa malaking larawan.

"Sila ang Falcon Family," sagot ni Sir Fernando. Nakangiti ito na parang pinapahiwatig na malaki ang respeto niya sa mga ito.

"Pamilya ng uwak?" gulat kong tanong.

Natawa siya, "Sila ang isa sa pinakamayamang pamilya sa bansa." tinuro niya 'yung matanda sa larawan "Siya si Lord Andres. Ang kaibigan ng lolo mo." Pagtuturo niya 'dun sa matandang lalaki na nasa larawan "Iyung nasa tabi naman niya ay si sir Erwan anak niya at asawa nitong si ma'am Cynthia." napatango-tango ako.

Kahit na medyo may edad na 'yung si Erwan at Cynthia ang ganda at gwapo pa rin nila. Kamukha ni Lolo Andres 'yung si sir Erwan. Malamang. Anak niya, e. lols.

Napansin ko lang sa mga lalaki sa picture. Mula kay Lolo Andres hanggang 'dun sa pinakabata. Pare-parehas sila ng kilay. 'Yung makapal at almost perfect na kilay na nagiging dahilan para maging mabuhay tignan ang mga mata nila.

"'Yung lima namang mga lalaki ay anak nila. 'Yung nasa kanan ang panganay na anak ni sir Erwan at ma'am Cynthia na si Erwin Alejandro." Tinitigan ko 'yung tinuro niyang si Erwin at muntik akong mapatili dahil sa sobrang kisig nito. Nakangiti ito sa larawan kaya ang pogi-pogi niyang tignan. "Ang nasa tabi naman ni Erwin ay si Elton Alexander." tinuro niya 'yung lalaking nasa tabi ni Erwin na kamukha niya rin. Pero hindi gaya ni Erwin na nakangiti, nakasimangot naman itong si Elton na akala mo pinagbagsakan ng langit at lupa.

"Mukhang masungit 'tong si Elton hindi gaya ni Erwin na nakangiti." pag komento ko. "Pinaglihi ba siya sa sama ng loob ni ma'am Cynthia?"

Natawa lang si Sir Fernando, "Yung dalawang magkamukha naman ay ang kambal na sina Brylan Kylde at Brent Klode."

"Ay! Bongga. Kwins sila? Ang ga-gwapo!"

"Tama ka, Iha. Twins sila. Twins."

"Ah, twins nga po. Ano bang sinabi ko?" sagot ko "Yung bunso po anong pangalan?"

"Siya si-"

Bago pa maituloy ni sir Fernando 'yung sinasabi niya biglang may batang lalaki na sumulpot sa harapan naming dalawa. Hanggang bewang ko lang siya. Nakatingin ito sa akin pero walang ano mang emosyon akong nakikita sa mukha niya. Para siyang robot

habang may hawak-hawak na laruang kotse.

"Ito ang bunsong anak nila sir Erwan. Siya si Christopher Llyod." Hinimas ni sir Fernando ang ulo ng bata na si Chris.

Yumuko ako para maging magkasingtangkad na kami ni Chris, "Hello, Chris. Ako si Ate Althea. Ilang taon ka na?" nakangiti kong tanong sa kanya pero dinedma niya lang ako. Agad siyang nagtago at kumapit sa likuran ni sir Fernando.

"Hindi siya nagsasalita." nakangiting sabi ni sir Fernando habang may awa na nakatingin kay Chris. "Limang taon na siya."

"Pipi po siya?"

Umiling si sir, "Hindi. Traumatized lang dahil sa trahedyang nangyare sa pamilya ilang b'wan na ang nakakalipas."

"Ano pong trahedya?"

Tumingin muna si sir kay Chris, "Llyod, punta ka muna sa playroom mo." sabi niya rito kaya agad tumakbo si Chris at nawala sa paningin ko. "Tara. Maglakad tayo papunta sa study room ni Lord Andres habang kinukwento ko sa'yo ang nangyari sa pamilya."

Sumunod ako kay sir sa paglalakad. Palinga-linga ako sa paligid habang nakikinig sa kwento niya.

"Anim na b'wan na ang nakalilipas mula nang mamatay si sir Erwan at ma'am Cynthia." napatigil ako sa paglalakad at napatakip ng bibig dahil sa sinabi niya. Nagpatuloy siya. "Papuntang Cebu sila sir at ma'am nun kasama si Erwin at si Chris para sana umattend ng branch opening ng kompanya. Pero isang trahedya ang nangyari."

"Ano nga pong trahedya?" Naiinip pero kinakabahan kong tanong.

"Lumubog ang sinasakyan nilang barko. Natagpuan nalang na wala ng buhay ang mag-asawa habang yakap-yakap nilang dalawa si Chris na hinang-hina na marahil dala ng pagod, uhaw, at gutom."

Dalawang kamay na ang gamit ko sa pagtakip ng bibig ko. Feeling ko kasi ang baho ng hininga ko. JOKE. Pinipigilan ko ang sarili ko na hindi maiyak sa sinapit ng mag-asawa.

"Kitang-kita ni Chris kung paano malagutan ng hininga ang Mama't Papa niya sa musmos na edad palang niya. Magmula noon, tumigil na siya sa pagsasalita. Ang sabi ng doctor niya mentally and emotionally traumatized daw si Chris. Magagamot pero walang kasiguraduhan kung kailan. Masyado pa raw kasing bata si Chris nang

maranasan niya ito kaya nahihirapan siyang kalimutan. Masyado niya itong dinamdam."

"Eh, ano pong nangyari 'dun kay Erwin? 'Di ba po kasama siya?"

Nalungkot ang mukha ni sir Fernando. Halatang nalulungkot siya dahil sa tanong ko.

"Hindi pa nakikita ang katawan niya, e. Anim na b'wan na mahigit ang lumipas pero 'di pa rin nalalaman kung buhay ba siya o-"

"Buhay pa po 'yun!" buong loob na sagot ko "Wala pa namang bangkay na nakikita kaya sigurado akong buhay pa 'yun!"

"Sana nga. Sana nga." may bahid ng kalungkutan ang mga mata ni sir. "Hindi rin nawawalan ng pag-asa si Lord Andres na muling makitang buhay ang panganay niyang apo kaya 'di siya tumitigil sa pagpapahanap dito. Pero ang sabi-sabi ng mga naghahanap baka raw nakain na ng pating ang katawan ni Erwin kaya hindi na nakikita. Isa pa, ilang b'wan na rin mula nang mangyari 'yun. Kung buhay pa si Erwin, 'edi sana raw may nagbalita na."

"Ano'ng karapatan nilang sabihin na patay na ang isang tao na hindi naman nila nakikita ang bangkay nito? Hay, naku, sir Fernando. Malakas ang kutob ko. Buhay pa si Erwin. Magpapakalbo ako kapag wala na nga talaga siya."

Natawa si Sir Fernando, "Puno ng pagiging positibo ang katawan mo, Ms. Marinduque."

"Althea nalang po. Hehe."

Magsasalita pa sana si sir Fernando nang bigla kaming may marinig na sigaw mula sa hagdanan. Parehas kaming napatingin sa dumarating. Nakita ko 'yung kambal na naglalakad pero magkalayo ang pagitan. Parang may away na namamagitan sa kanila.

"Sinabi ko sa'yong wag ko pupuntahan sa classroom ko, 'di ba? Ba't ba ang tigas-tigas ng ulo mo?" sigaw 'nung isa 'dun sa kambal niya.

Hindi umimik ang isa kaya nagpatuloy sa paglalakad 'yung sumigaw.

"Klyde si-" napatigil si sir Fernando sa pagsasalita dahil nilampasan lang kami nung isa sa kambal na may pangalang Klyde.

Snob 'yung Klyde sa personal. Famous ba siya sa school nila?

'Yung isa naman huminto sa harapan namin ni sir Fernando na matipid na nakangiti.

"Klode, ito si Althea."

"Siya po 'yung sinasabi ni Lolo?" malumanay na sagot nito.

Pansin ko lang sa kambal. 'Yung Klyde may pagkamaangas ang dating. Parang barumbado at lalaking-lalaki kung kumilos. Habang ito namang si Klode may pagkamahinhin. Ang lambot niya kumilos at magsalita. Naka-downy isang banlaw ba siya?

"Siya nga."

Tumingin sa akin si Klode, "Hello. I'm Klode. 'Yung kambal ko naman na pumasok na sa kwarto niya si Kylde 'yun." malumanay nitong pagsasalita. "Pasensya ka na sa kanya. Mainit kasi ang ulo."

"Hindi. Ayos lang." sagot ko rito.

"Magbibihis muna ako."pagpapaalam nito. Naglakad na siya papasok sa kwartong katabi 'nung sa Klyde.

Nagpatuloy kami sa paglalakad ni Sir Fernando nang muli akong magtanong.

"Hindi ba magkasundo 'yung kambal? 'Di ba po kapag kambal dapat super friendliness sa isa't isa?"

"Super friendly ba kamo?" natatawang tanong ni sir Fernando. Tumango ako. Ganun din naman 'yun. Kanina pa ako nakakahalata, ah. Kanina niya pa ako itinatama. Wala ba akong nasasabing tama? "Nakakapagtaka nga 'yang kambal na 'yan. Actually, noong mga bata pa sila magkasundong-magkasundo sila. Pero noong lumaki na sila madalas na silang mag-away. Sa kanilang dalawa palaging si Klyde ang galit. Si Klode naman palaging iinintindi nalang ang kambal niya." Napatango-tango naman ako.

Pumasok na kami sa study room ni Lolo Andres at sumalubong sa akin ang napakaraming libro sa paligid. Bigla tuloy akong na-excite dahil sa mga libro. Mahilig kasi akong magbasa. Gumagaling kasi ako sa english. Paborito ko mga english novel.

Pinaupo ako sa isang malambot na upuan. Nakikipagkwentuhan lang si sir Fernando sa akin nang biglang tumunog ang cellphone niya. Sinagot niya ito at sandaling nakipag-usap.

"Dumating na si Lord Andres." pag anunso niya.

Magsasalita palang sana ako kaso bigla nang bumukas ang pintuan saka iniluwa nito ang isang matanda. Nakasuot 'yung matanda ng magarang kulay itim na business suit at salamin. Puro puti na ang buhok nito. Ngiting-ngiti siya habang nakatingin sa akin. Agad niya akong nilapitan.

"Iha! Finally, andito ka na rin. Kumusta ang byahe mo?"

Naiilang akong sumagot, "Ayos lang po, Lolo Andres. Marami po palang salamat 'dun sa tulong na ipinadala niyo. Babayaran ko po kayo agad sa unang sweldo ko."

"Do not mention it. Wala iyun." tumingin siya kay sir Fernando "Ferds, call Elton. Pakisabi pumunta rito sa study room." tumango si sir Fernando saka lumabas na ng kwarto.

"Let's take a seat, iha. Gusto mo ba ng inumin? Nagugutom ka ba? Magpapahanda ako."

Umupo muna ako bago sumagot, "Ayos lang po ako, Lolo. May gusto lang po akong itanong."

"What's it, iha?"

"Ano pong magiging trabaho ko rito? Magiging yaya po ba ako ni Chris?"

Nagulat siya, "Yaya? Where did you get that idea?" natawa siya "No. Hindi kita pag ta-trabahuhin."

"Eh, ano po pala? Sabi niyo po may trabaho kayong ibibigay sa akin?" nagtataka kong tanong.

"Hindi lang tayo nagkaintindihan ng maayos sa telepono." sagot niya saka biglang bumukas ang pintuan.

May isang lalaking naka-suot ng boxer short ang pumasok. Muntik akong mapanganga nang makita ko kung gaano kaganda ang katawan ng lalaking ito. May abs siya. Halos maglaglag na ang boxer short niya dahil nakikita na 'yung line paibaba sa tutot niya. Napatingin ako sa mukha niya. Nakasimangot ito. Pero hindi 'yun ang nakaagaw ng atensyon ko. Ang umagaw ng atensyon ko 'yung kulay ng buhok niya. Kulay blonde ito. Nagmukha siyang si San Goku. 'Yung super sayans mode. JOKE. Nagmukha siyang foreigner. Akala ko foreigner niya pero hindi pala nang maalala ko 'yung mukha niya.

Siya si Elton. 'Yung pangalawang anak nila sir at ma'am Cynthia na mukhang pinaglihi sa sama ng loob.

"Elton, apo. Dumating na si Althea." magiliw na sabi ni Lolo Andres dito. Nasa may pintuan lang si Elton habang bored na bored na nakatingin sa akin at halatang walang pakialam sa pag dating ko at kung sino ako.

Tumingin si Lolo Andres sa akin, "Iha, siya si Elton." pagpapakilala niya kay boy super sayans na masungit.

"Hello." Pagsasalita ko. Naiilang na kumaway pa ako kay Elton na ang sama-sama ng tingin sa akin.

"Hi." walang gana niyang sagot saka lumabas na ng study room at padabog pang isinarado ang pintuan. So much hate naman si Kuya San Goku sa katawan. Parang ginagawa niyang hobby ang pag simangot.

Sungit much talaga. Daig pa ako kapag may regla. Nakakaloka si kuya.

"Ohh," ang tangi ko nalang nasabi.

"Sorry for that, iha. Ayaw na ayaw lang talaga ni Elton na ginigising siya kapag natutulog siya."

"Ah, sana hindi nalang siya gumising."

"Ano 'yun, Althea?"

"Ay, sabi ko po sana hindi na siya ginising pa. Mukhang wala sa mood."

Natawa si Lolo Andres, "Hayaan mo siya. Mamaya nasa mood na 'yun."

"Ah, okay po." tumango-tango ako.

"So, what do you think of him?"

"Kanino po? Kay sir Fernando po ba?"

Muli na namang natawa ang matanda, "No, iha. Kay Elton."

"Ahh," napaisip ako "He's pogi po. Tapos maganda ang katawan. Mukha siyang bold star na San Goku version."

Bumulalas ng tawa si Lolo Andres, "Haha. Grabe ka, iha. Bold star talaga?"

"Porn star?"

"Hahaha. Laughtrip ka, Althea."

"Naman!" proud kong sagot.

"Ehem, mabuti naman okay si Elton sa'yo." pagsasalita ulit ni Lolo Andres after niya makabawi sa pagtawa niya. "Si Elton nga pala ang mapapangasawa mo."

"Po?"

"Mapapangasawa." pag-ulit niya kaya umulit din sa pag loading ang utak ko.

Ang pagkakatanda ko kasi trabaho ang ipinunta ko rito at hindi pag-aasawa.

Asawa talaga? At 'yung Elton na 'yun talaga? 'Yung mukhang si San Goku talaga na 'yun? Ba't hindi nalang si Picolo? Krilin o kaya si Gohan? Ba't kay San Goku pa? What the smell!!

Teka. . . smell ba talaga 'yun? O, What the. . . shell?

==========

Chapter 2

Maraming salamat sa pag support sa laughtrip na kwento ni Althea at Elton. Sana magtuloy-tuloy mga comments niyo! Labyu!

THAT PROMDI GIRL

Written by owwSIC

Chapter 2.

Sa tuwing may nagaganap na kasalan sa probinsya namin palagi akong present sa simbahan. Hindi ko man kilala o kahit kilala ko ang ikinakasal. Imbitado man o hindi man ako imbitado napunta pa rin ako para panoorin 'yung nagaganap na seremonya. Mahilig kasi akong manood ng eksena ng dalawang taong sumusumpa na magmamahalan habang buhay.

Na hindi kinalaunan maghihiwalay din. Echos!

At sa tuwing nakakapanood ako ng ganon, hindi ko mapigilan ang sarili ko na hindi umiyak. Para sa akin kasi ang maikasal at maiharap sa altar ang isa sa pinakamagandang bagay na mangyayari sa buhay ng isang babae. Walang katumbas na kaligayahan 'yun.

Hindi ko alam kung paano nagsimula o kung anong edad ko tinatak sa isipan at atay ko na kailangan kapag ikinasal ako ay sa lalaking mahal ko. Wala akong pakialam kung magarbo o simple lang ang mangyayaring kasalan basta ang importante ay mahal namin ang isa't isa. Hindi dapat ako iiyak. Ang iiyak dapat ay 'yung mapapangasawa ko kasi sobrang ligaya niya na ikakasal siya sa akin.

Althea Josefa Marinduque ang ikakasal sa kanya kaya kailangan niya umiyak. Best in english kaya ako noong elementary ako.

Kaya nang sabihin sa akin ni Lolo Andres na ang pangalawa niyang apo na si San Goku na masungit version este si Elton ay mapapanagasawa ko, gusto kong mahimatay. Pero pinigilan ko ang sarili ko kahit hindi na ma-take ng utak ko 'yung ibinalita niya. Naalala ko kasing sinabi sa akin ng lolo ko noon na masamang himatayin kapag kinakausap ka ng isang tao. Kausap ko pa si Lolo Andres ngayon kaya mamaya nalang ako mahihimatay kapag mag-isa nalang ako.

Bigla akong napatayo saka ko pinaypayan ang sarili ko. Bigla kasing uminit ang paligid at hindi ko maramdaman 'yung aircon dito sa study room ni Lolo Andres. Pakiramdam ko talaga mahihimatay na ako ngayon. Oo, as in now na.

Mamaya kana mahimatay, Althea. Pag papaalala ko sa sarili ko. Hindi ka pinalaking bastos ni Lolo mo. May kausap ka pa. Okay, push.

"Feeling ko mahihimatay ako, Lolo Andres."

Agad napatayo ang matanda at nag-aalalang tumingin sa akin, "Wait. Gusto mo ng tubig?"

"Yes, please." pag e-english ko.

Dali-daling pumunta si Lolo Andres 'dun sa may study table niya at sumalok ng tubig sa may pitsyel na nakapatong sa ibabaw. Mabilis naman niya itong inabot sa akin.

Iinumin ko na sana ang tubig pero napatigil agad ako bago pa dumampi sa labi ko

'yung tubig. Na-disappoint kasi ako.

"Oh, iha. Ba't hindi mo pa inumin 'yung tubig?" nagtatakang tanong ng matanda.

Tinignan ko ng seryoso si Lolo, "Hindi po malamig, e. Wala bang coldness water diyan?"

"Cold water 'yun, Althea." Napahagikgik si Lolo Andres, "Meron naman. Sandali lang."

"Meron naman pala pero ba't itong tubig na hindi coldness ang ibinigay." bulong ko sa sarili ko habang pinagmamasdan si Lolo Andres.

Binuksan niya 'yung isang cabinet na refrigerator pala. Taray. Hindi ako aware na ref pala 'yun. Akala ko cabinet lang. Pag bukas niya nalula ako sa sobrang daming laman nito. May iba't ibang bote na mukhang alak ang laman. Tapos may bote rin ng tubig. Kumuha siya ng isang bote saka ibinigay sa akin.

Inubos ko ito ng isang lagukan lang. Pero 'yung kaba ko nananatiling nasa dibdib ko pa rin at hindi naibsan. Napahawak ako sa dibdib ko para ikalma ang sarili ko. Para kasing maloloka ang buong pagkatao ko sa ideyang hindi pala trabaho ang ipinunta ko rito sa manila kundi pag-aasawa. Jusko. I'm so bata pa. I'm so young pa and fresh pa. I'm so. . . ano ba'ng english ng hindi pa handa?

"Okay ka lang ba, Althea, apo?" nag-aalalang tanong ni Lolo Andres sa akin.

"Jusko naman, Lolo Andres. Hindi ako okay. Paano ako magiging okay kung sasabihin niyo sa akin na may mapapangasawa na ako. Agad-agad? Hindi naman ako easy to get, 'no!" pagmamaktol ko sa kanya.

"Pasensya ka na, Althea. Pero matagal na namin pinag-usapan 'to ng Lolo mo. Noong mga bata palang kayo ni Elton pinagkasundo na namin kayong dalawa," pagpapaliwanag niya "Besides, ngayong wala na si Lolo mo at sa akin ka niya hinabilin, mas magandang sundin na natin ang naging usapan namin ni Philip. Wala akong ibang gustong mapangasawa ni Elton kundi ikaw lamang."

Nasampal ko ang sarili kong noo, "Lolo Andres, makinig ka. Gusto niyo ni Lolo ko na kaming dalawa ni Elton The Porn star ang magkatuluyan at magkaroon ng forever. Pero sana naman tinanong niyo muna kami ni Elton The bold star kung okay sa amin 'to. Lolo naman. May feelings din kaming dalawa. Sana naman ikinonsindara niyo rin ang mararamdaman namin. Hindi na kami mga bata."

Naiirita talaga ako sa nangyayari ngayon. Sino ba naman kasing matutuwa sa nangyayari? Eh, ano kung gwapo at mayaman si Elton? Eh, ano kung mukha siyang super sayans? Hindi ko naman siya mahal, 'no. Ang kasal ay isang sagradong seremonyas na para lamang sa nagmamahalan. Ayokong sirain ang pangarap ko! No. It can't be.

"As a matter of fact nakausap ko na si Elton tungkol sa bagay na ito."

Napatigil ako sa pag-iisip at napatingin kay Lolo Andres, "At, ano pong sabi niya? I'm sure 'di rin siya payag, 'no? Halata namang 'di niya ako bet. Kulang nalang kasi kanina 'e suntukin niya ako sa sobrang hate na ipinapakita ng mga mata niya. Tapos-"

"Actually, he's okay with this. He's okay with you. He didn't say anything. He agreed to marry you."

"WHAT?" gulantang kong sagot.

"Nagulat ka ba, Althea?" nakangiting pahayag ni Lolo "Kagulat-gulat, 'di ba? Hindi mo inaasahan na ganun lang kadaling papayag si Elton."

"Nagulat po ako kasi english 'yung sinabi niyo. Pakitagalog nga po. Wala akong naintindihan, e." napakamot pa ako ng ulo ko.

Napanganga si Lolo Andres nang dahil sa sinabi ko saka napailing-iling. "Ang sabi ko okay lang kay Elton itong kasalan between you and him. Wala siyang angal."

"Totoo? Walang halong biro 'yan?" paninigurado ko.

Tumango siya, "Yes, Althea, apo. Walang halong biro."

"Jusko. Paano? Paano pumayag 'yung si San Goku?"

"Who knows. Basta nang sabihin ko lang sa kanya na papakasalan niya ang apo ng kaibigan ko pumayag na agad siya. He said 'Okay, Lolo.' Simple as that." kwento niya "Ikaw, ayaw mo pa rin ba?"

"Ayoko!" matigas kong sagot "Hindi sa pagiging bastos, Lolo Andres, pero ayoko po talaga. Kung may ganyang magaganap pala aba'y babalik nalang ako sa probinsya namin. Mas madaling makipag-plastikan sa mga kapitbahay ko kaysa maging asawa 'yang apo niyong kamukha ni San Goku pero may ugaling Majinbu." prangka kong sagot "No fencement, Lolo. Pero realtalk 'yun."

Natawa na naman siya, "No offense meant 'yun, Althea."

"Parehas na rin 'yun. Namamali lang talaga ako ng english kapag naiinis ako." pag dadahilan ko. "Top 2 kaya ako sa classroom namin noong nag-aaral pa ako." Pagmamalaki ko.

"Bakit, ilan ba kayo sa classroom niyo?"

"Dalawa." sagot ko "Dapat tatlo kami, e. Kaso nag drop-out 'yung isa kasi binigyan ko ng suman na tatlong b'wan ng expired."

Napahagikgik na naman ang matanda, "May ipapakita ako sa'yo na alam kong magpapabago ng isip mo." tumayo si Lolo Andres at pumunta 'dun sa study table niya saka may kinuha. Pag balik niya sa harap ko may dala na siyang puting envelope. "Here. Basahin mo ang nilalaman niyan."

Kinuha ko ito at binasa ang nakasulat sa harapan, "Josefa." pagbabasa ko "Ako 'to, ah. Akin ba 'to?"

Tumango siya, "Yes. 'Yan ang huling sulat ng lolo mo bago siya namaalam sa mundo."

"Paano niyo po nakuha ito?" nagtataka kong tanong.

"Katulad ng sabi ko sa'yo planado na ang lahat. Alam na ng lolo mo na nalalabi nalang ang oras niya sa mundong ito kaya isinulat na niya 'yang huling liham niya para sa'yo." umupo si Lolo Andres "Go ahead. Read it."

Binuksan ko 'yung sulat at kinuha ang papel na nasa loob nito. Dali-dali kong binasa ang inilagay ni Lolo ko rito. Sana lang ayusin niya lang ang isinulat niya rito kundi hindi ko siya ipagtitirik ng kandila.

Josefa apo,

Marahil habang binabasa mo ang sulat na ito ay wala na ako sa mundo. Mahirap man para sa akin na iwanan ka subalit wala akong magagawa. Tumatanda na ako at sigurado akong hindi na ako magtatagal. Naaatat na ata si Lola at si itay at inay mo sa langit na sumunod ako sa kanila 'dun.

Gusto ko lamang sabihin sa'yo na inihahabilin kita sa kaibigan kong si Andres Falcon. Mabait siyang tao dahil sinubok na ng ilang dekada ang pagkakaibigan naming dalawa. May naging usapan kami noon na ipapakasal kita sa pangalawang apo niya na sana ay sundin mo dahil ito lamang ang kaisa-isang hiling ko para mapanatag ang loob ko ng tuluyan. Alam kong hindi ka nila papabayaan, apo. Alam kong mamahalin ka nila na parang isang tunay na pamilya.

Alam ko ring matigas ang ulo mo at magagalit ka tungkol sa bagay na ito. Iisipin mong pinangunahan kita. Pero, apo, sana ikunsidara mo itong kahilingan ko na pakasalan mo si Elton. Mabait siyang lalaki, apo, kaya alam kong aalagaan ka niya at mamahalin ng buong-buo.

Apo, patawarin mo ako sa pag-iwan sa'yo. Ayoko pa sanang lisanin ang tabi mo at gusto pa kita makasama ng matagal pero hindi ko na talaga kaya. Habang ginagawa ko nga itong sulat na ito natutulog ka na sa tabi ko. Naluluha rin ako, apo. Naiisip ko palang na iiwan na kita hindi ko na kakayanin. Apo, mahal na mahal ka ng lolo.

Hanggang dito na lamang, apo. Sana talaga pumayag ka sa kahilingan ko.

Lolo Philip.

PS. Kung hindi mo susundin ang kahilingan ko mas mabuting sumunod ka nalang dito sa amin ni Lola, Itay, at Inay mo. Sigurado kasing miss na miss ka na rin nila.

PPS. Biro lang apo, pero pakiusap, pakasalan mo si Elton.

PPPS. Pretty please, apo? With cherry on top.

Hindi ko mapigilan na hindi maluha pagkatapos kong basahin ang sulat ni Lolo sa akin. Kahit may mga kalokohan siyang isinulat ramdam na ramdam ko pa rin 'yung pagmamahal niya sa akin haggang sa liham na ito. Hanggang sa huling hininga niya sariling kapakanan ko pa rin ang iniisip niya. Nakakainis ka talaga, Lolo. Why so kindness, Lolo?

"Kainis si Lolo. Pinapaiyak ako." niyakap ko 'yung sulat saka tumingala para pigilan ang mga luha ko. Pero huli na ang lahat dahil sunod-sunod na silang tumulo. "Ugh!! Lolo, namimiss na kita! Namimiss ko 'yung mga kalokohan mo at 'yung batukan moments nating dalawa!"

Bigla na namang napahagikgik si Lolo Andres, "Manang-mana ka talaga sa Lolo Philip mo. Parehas kayong maloko." tumingin ako sa kanya "So, Althea, ano?"

Huminga ako ng malalim bago nagsalita, "Hay, ewan. Siguro naman walang masama kung susubukan kong mahalin 'yang si Elton." natawa ako sa sinabi ko dahil alam kong imposible 'to. "Pero para kay Lolo at para sa ikakapatag ng loob niya, sige, pumapayag na ako."

"Great!" napapalakpak pa si Lolo Andres sa sobrang tuwa.

Tuwa pa siya diyan. Me? I'm not laughingness! Amp. Wala namang nakakatawang bagay, e.

-

Iniwanan ko muna si Lolo Andres sa study room niya nang sabihin niya sa akin na magpahinga muna raw ako. Itinuro niya rin ang magiging kwarto ko rito sa super big na bahay nila. Paglabas ko raw ng study room lumakad daw ako sa may pasilyo. Sa may gawing kanan daw sa dulo ang magiging kwarto ko na may kulay asul na pintuan.

Hingal na hingal ako ngayon at finally nahanap ko na rin 'tong kulay asul na pintuan. Punyemas. Ang sabi sa akin ng matanda kanina lumakad lang ako sa may pasilyo 'e tatlong pasilyo naman ang nakita ko kanina. Hindi naman niya sinabi kung

saan dito kaya, ayun, nagkanda-ligaw-ligaw muna ako bago ko mahanap 'tong pintuan. Boysit talaga.

Huminga muna ako ng malalim bago pumasok sa loob ng k'warto. Medyo madilim ang loob saka amoy lalaki. Pero ang taray lang dahil may aircon. First time kong makapasok sa kwartong may aircon kaya nakangisi tuloy ako habang nililibot ang loob ng kwarto.

May malaking kama sa gitna na may kulay asul din na kobre-kama. 'Yung mga unan kulay asul din. Pati 'yung lampshade na nagbibigay liwanag sa buong kwarto na nasa gilid kulay asul din. Ito talaga magiging kwarto ko? Bukod sa amoy lalaki ang kwarto bakit puro kulay asul ang andito? Hindi naman 'to ang paborito kong color, e.

Nakita ko sa gilid ng malaking cabinet 'yung dalawang maleta ko. Hindi ko ito pinansin dahil naglakad ako papunta sa may tokador na may iba't ibang picture na nakalagay sa ibabaw. Pinagmasdan ko 'yung mga picture.

May nakita akong family picture rin na katulad sa nakita ko sa ibaba kanina. 'Yung family picture ng Falcon Family. Nakalagay lang ito sa mas maliit na frame. Meron ding picture ng dalawang batang lalaki na magkamukha. Nakilala ko agad ang mga ito dahil 'yung isang bata na mukhang mas matanda ay todo ngiti sa larawan habang 'yung isa naman ay nakasimangot na akala mo pinagkaitan ng swerte sa buhay.

"Si Erwin at San Goku 'to panigurado," pagsasalita ko sa sarili ko.

Hindi ko maiwasan na hindi malungkot habang nakatingin sa picture nung Erwin. Mukha siyang anghel kapag nakangiti siya at ang kisig-kisig pa niya. Halatang mabait itong tao at masayang kausap. Kaya pala ganun nalang malungkot si sir Fernando nang ibinalita niya sa aking nawawala pa rin si Erwin. Mukhang malapit ang loob niya rito.

Inilipat ko ang tingin ko sa sunod na picture frame. Napabuka ang bibig ko nang makita ko kung sino ito. Si Elton ito na may akbay-akbay na isang magandang babae. Boysit na 'yan. Bakit ang ganda-ganda ng babaeng 'to at sino kaya siya? Ang haba ng buhok niya tapos mukha siyang artista. Nakangiti rin ang babae pero si Elton nakasimangot na naman. Bungi ba siya kaya 'di niya magawang ngumiti?

Dinampot ko 'yung frame para matitigan ng maayos 'yung larawan. Napansin kong may nakasulat sa gilid ng picture. Binasa ko ito.

"Happy 1st Anniversary, Love! I love you so much!" pagbabasa ko rito kaya bigla akong nagulat.

Anniversary? Ibigsabihin, girlfriend ni Elton 'tong babae. Pero kung may girlfriend siya, bakit siya pumayag na maikasal sa akin? Ano bang nangyayare? Saka kung may girlfriend siya, bakit pinagkakasundo kaming dalawa? Hindi ba alam ni Lolo Andres na may sinisinta na ang apo niya?

Napatigil nalang ako sa seryoso kong pag-iisip nang biglang bumukas ang pintuan sa gilid ko. Lumabas mula rito si Elton na tanging manipis na tuwalya lang ang suot. Wet look ang kuya niyong super sayans. Jusko. Bakit ang gwapo niya kapag nakababa ang buhok niya? May butil-butil pa ng tubig sa buong katawan niya. Tumambad tuloy sa harapan ko 'yung naghihimutok niyang abs at napakaganda at almost perfect ng v-line.

"What the fuck are you doing here?" galit na tanong niya sa akin "And why are you holding that frame?"

Dali-dali siyang lumakad papunta sa gawi ko at hinablot ang hawak kong picture. Ang tangkad ng lalaking 'to. Hanggang dibdib niya lang ako. Ang lapit-lapit ng katawan niya sa akin kaya 'di ko mapigilan na hindi maamoy ang katawan niya. Kabango niya.

"Tinatanong kita!" napasigaw siya.

"AY BAYAG NI ELTON!" gulat akong napasigaw. Pero nang na-realized ko 'yung nasabi ko mabilisan ko ring tinakpan ang bibig ko.

"The fuck?" halatang mas lalo siyang nagalit. "GET OUT!" sigaw na naman niya "I SAID GET OUT!"

"At bakit ako lalabas?" sagot ko "H'wag ka ngang sumigaw! Hindi ako bingi. 'Tong San Goku na 'to!"

"This is my room!" namumula na sa galit ang mukha niya. Parang kaunting sandali nalang magtatayuan na ang mga buhok niya at mag ta-transform na siya into super sayans.

"Ano? Kwarto mo 'to?" pabalik kong tanong "Ang sabi ni Lolo Andres ito ang magiging kwarto ko. So, ikaw ang lumabas!"

Napatitig siya sa akin na parang tinitignan kung nagsasabi ba ako ng totoo o hindi. Bigla siyang napatingala at sariling hinulot ang sintido niya na parang pinipigilan ang inis at galit na bumabalot sa buong katawan niya.

Dahil sa pag tingala niya lalo tuloy humubog 'yung mga muscles sa katawan niya. Kahit gusto kong titigan 'yun napaiwas nalang ako ng tingin. Baka kasi isipin niya pinagpapantasyahan ko siya. Kafal naman ng fes niya.

"Shit." napamura na siya saka muli na namang tumingin sa akin. "I think my grandfather wants us to share a room." pagsasalita niya. Kumalma na rin siya.

"Ano?" sagot ko "Tagalugin mo nga! English ka pa ng english. Si San Goku Japanese 'yun pero nagtatagalog. Kaya magtagalog ka rin."

"At ano namang pakialam ko 'dun sa San Goku na 'yun?"

"Ano raw pakialam niya sa sarili niya," natatawa kong tanong sa sarili ko. Tumingin ako sa kanya "So, share tayo sa kwarto na 'to? Ano bang mga kalokohan ang naiisip niyang si Lolo Andres. Jusme. Nakaka-stress!"

"Ikaw pala ang mapapangasawa ko?"

Tumingin ako kay Elton at nakita kong titig na titig siya sa akin. Bigla siyang napangisi.

"You're plain ordinary boring girl."

"Minumura mo ba ako?"

"Promdi Girl." huli niyang sagot saka tumalikod na sa akin at naglakad papunta 'dun sa may cabinet.

"Teka nga. Bakit ba galit na galit ka sa akin? Wala naman akong ginagawa sa'yo, ah!"

Napatigil siya saka muling sumulyap, "Really? Tinatanong mo talaga sa akin 'yan? Tanga ka ba o nag tatanga-tangahan lang?" pagalit na naman niyang tanong. "Sige, I'll give you a clue. First, you ruined everything. You ruined my life and my personal plan. Second, you're a gold-digger. Mukha kang pera. Porket alam mong mayaman kami pumayag ka na agad na ipakasal sa akin? God. Nasaan ang delikadesa mo? Ganyan ba kayong mga babaeng taga probinsya? Papayag agad sa kasal as long as mayaman ang lalaki?"

Kumuha siya ng damit saka muling nagsalita, "Just because I said It was okay for me to marry you does not mean I'm okay with this. H'wag kang aasa na matutuloy ang gustong mangyayari ng Lolo ko dahil gagawa ako ng paraan para hindi ito matuloy." sumama ang tingin niya sa akin. "By the way, diyan ako sa kama matutulog. Diyan ka naman sa sofa." pagtuturo niya sa upuan na nasa gilid ng kama.

Hindi na ako nakaimik at nakapagsalita nang dahil sa mga sinabi niya. Hanggang sa lumabas siya ng kwarto nakatitig lang ako sa kawalan. Pinipigilan ko ang mga luhang gustong kumawala sa mga mata ko. Tumingala ako at pinaypayan ang sarili kong mga mata.

"Okay lang 'yan, Althea. Okay lang 'yan."

Sa totoo lang nasaktan ako sa sinabi niya. Pinapamukha niya sa akin na mukha akong pera kaya pumayag ako sa ganitong set-up. Hindi ba niya alam na wala rin akong alam dito? Saka kung di naman pala siya pabor 'edi sana sinabi niya sa Lolo niya. Hindi 'yung okay-okay pa siyang nalalaman diyan pero labag naman pala sa loob niya.

Hindi ako kumain noong gabi. Nahiga nalang ako sa may sofa at pinilit na matulog. Pinapatawag ako ng isang katulong pero sinabi kong hindi ako nagugutom at mas gusto kong magpahinga nalang. Gabing-gabi na 'nun pero hindi pa rin bumabalik si Elton sa kwarto. Hindi ko alam at wala akong pakialam kung saan siya pumunta. Sana bumalik nalang siya sa planeta ng mga super sayans.

Bago ako tuluyang nakatulog bigla akong napahiling sa sarili ko na sana pala 'di nalang ako pumunta sa dito. Parang mas masaya pa sa probinsya namin, e. Bago rin tuluyang sumarado ang mga mata ko nang dahil sa sobrang antok at pagod, ilang luha na naman ang tumulo sa mga mata ko.

"Lolo, kakayanin ko 'to." pagsasalita ko bago pumunta ng tuluyan sa dreamland.

==========

Chapter 3

THAT PROMDI GIRL

Written by owwSIC

Chapter 3

Madaling araw na 'nun nang bigla akong maalimpungatan at tuluyan nang magising. Hindi sa nagugutom ako dahil hindi naman ako kumain ng hapunan o kaya naman ay naiinitan. Ang lakas kaya ng aircon sa k'warto NAMIN ni San Goku. Nagising nalang ako biglaan nang makaramdam ako ng lungkot at sobrang pangungulila. Nakahiga pa rin ako sa sofa nang mapatingin ako sa dingding para makita kung anong oras na.

1:30 palang ng madaling araw.

Tumayo ako at nilibot ko ang paningin ko sa kabuohan ng k'warto. Wala si San Goku

sa kama niya. Hindi ko alam kung nasaang lupalop siya sa mga oras na 'to o kung bumalik ba siya sa planeta ng mga nemik para mag training. Sa totoo lang wala akong pakialam sa kanya. Ang sakit sakit niya magsalita. 'Yung puso niya parang abs niya. Parehas matigas.

'Yung nipples kaya ni San Goku matigas din? Ajuju, madaling araw na pero kung anu-ano pa rin ang naiisip ko.

Bigla ko naalala 'yun mga pinagsasabi niya kanina. Porket promdi gold-digger na agad? Teka, ano ba meaning ng gold-digger? Ah, basta. Alam kong masakit na salita 'yun. Saka sabi niya mukha raw akong pera. Kafal lang flisss. Plastic lang akong tao pero 'di ako mukhang pera. Charot. Kemedo lang.

Lumapit ako sa may kama saka umupo rito. Mabuti pa 'tong kama niya malambot hindi tulad ng puso ng masungit na 'yun. Hinimas-himas ko ang kama at dinama-dama ang kalambutan nito. Mukhang mas masarap matulog dito kaysa 'dun sa sofa. Pero sabi nga ni San Goku na may ugaling Majinbu, siya lamang ang may karapatang matulog dito.

'E di kanya na. Isaksak niya sa baga't apdo niya nang maligayahan siya.

Napangiti ako ng malungkot. Wala naman akong pakialam kahit siya ang matulog dito, e. Kaya kong magtiis kahit saan. 'Dun nga sa probinsya namin sa papag lang ako natutulog. Pero umangal ba ako? Hindi. Matiisin kasi akong tao at plastic pa. Pinalaki kasi akong sanay sa hirap ni Lolo kaya lahat ng bagay kaya kong pagtiisan at makipagplastikan. Nakapag-ulam na nga ako ng kangkong na bagoong lamang ang sawsawan, e. Siya ba nakakain na 'nun? I'm sure hindi pa. Anak mayaman, e. Ako kasi anak-plastik lang. chos!

Habang nag da-drama ako biglaan akong nakaramdam ng gutom. Muli akong tumayo at sumilip sa labas ng pintuan. Ang dilim ng pasilyo. Tanging maliliit na lampshade lamang na nakasabit sa may dingding ang nagbibigay liwanag sa daanan. Natakot naman akong lumabas at baka may makita akong multo. Baka makita ko si Sadako diyan na naka-split o bending habang naglalakad 'e di naloka ako. Muli ko nalang isinarado ang pintuan.

"Ugh! Nagugutom na ako. Ano ba kasing naisip ko kanina at sinabi kong busog pa ako?" pagmamaktol ko. Boysit. Sana pala 'di na ako nag-inarte nung inaya akong kumain ng hapunan. "Ah! Alam ko na. Meron pa pala ako 'nun."

Dali-dali akong pumunta sa gilid kung nasaan 'yung dalawang maleta ko at bayong. Kinuha ko 'yung bayong saka inilabas ang ilang piraso ng suman. Inilabas ko rin 'yung picture frame ni Lolo ko saka nag tungo sa may beranda ng k'warto NAMIN ni San Goku.

Ang ganda ng tanawin dito sa may beranda. Kitang-kita ang maliliwanag na mga ilaw ng mga bahay mula rito sa itaas. Pati ang kabuohan ng garden nakikita rin. Falcon house is so bigness infairness.

Umupo ako sa isang upuan na gawa sa kahoy. Ang lamig ng simoy ng hangin pero hindi

ganito ang hangin sa probinsya. Ang hangin sa amin fresh, e. Amoy halaman at dumi ng mga kalabaw. Dito sa siyudad amoy usok. Nakaka-miss tuloy ang probinsya. Gusto ko na sanang bumalik 'dun kinabukasan pero ayokong ma-disappoint sa akin si Lolo. Gusto kong tuparin ang hiling niya na pakasalan ko si Elton.

Saka nakakahiya kung bigla kong sasabihin kay Lolo Andres na umaatras na ako. Tulad nga ng sabi ni Lolo napakabait ng kaibigan niya. Ang dami rin nitong naitulong sa amin. Kung ito lamang ang tanging paraan para makabayad ako sa mga kabutihan niya 'e di go. Push ko na 'to!

Kung bwisit sa akin si Elton aba'y bwisit 'din ako sa kanya. Mag bwisitan kami habambuhay. Kung sino ang unang sumuko siya ang talo at sigurado kong siya ang matatalo sa aming dalawa. Kaya ko siyang tiisin dahil nga pinanganak akong plastik.

Sa probinsya kaya namin ako ang number 1 bully. Palagi kong pinapaiyak 'yung mga anak ng mga kaplastikan kong kapitbahay namin. Mga limang taon ang edad ng mga anak nila. Kinokotongan ko sila saka hinuhubaran ng short. Ayun, iyak sila at magsusumbong sa mga nanay nila.

Nang matapos ako kumain ng suman yinakap ko ang picture frame ni Lolo saka tumingin sa mga bituin sa langit na nagkalat.

"Lolo, nakakalungkot mabuhay na wala ka sa tabi ko. Ngayon lang pumasok sa isipan ko na wala ka na talaga sa mundo at tuluyan na akong iniwan," biglang nangilid ang mga luha ko. "Lolo, malungkot ako ngayon. Wala na kasing titikim ng mga suman na gagawin ko. Wala ng magsasabi sa akin na ang galing-galing ko mag english. Lolo, kung naririnig mo ako, magparamdam ka naman, oh."

Biglang may asong umalulong.

"Lolo naman, 'e. Sabi ko magparamdam ka hindi umalulong. Naging aso ka ba?"

Nagpalipas pa ako ng ilang sandali saka pumasok na ulit sa k'warto NAMIN ni San Goku. Wala pa rin ang timawa. Sana h'wag na siya dumating para makatulog ako ng maayos. Tse. Ayoko siyang makita. Snob ako sa personal.

Ibinalik ko sa bayong 'yung picture ni Lolo at muling humilata na sa sofa para muling matulog. Hindi ko pa naipipikit ang mga mata ko nang makarinig ako ng yapak ng mga paa. Ipinikit ko ang mga mata ko't binuksan ng kaunti para makita kung sino ang papasok sa pintuan.

Naaninag ko si San Goku. Naka-porma ang timawang super sayans. Napatigil siya sa paglalakad saka pumunta sa may cabinet. Bigla siyang may ibinato sa mukha ko na malambot at mabango. Mukhang kumot. Nang marinig kong pumasok siya sa may banyo dali-dali kong binuksan ang mga mata ko. I am rightness nga. Isang kumot ang ibinato niya.

Pero ba't kailangan ibato? Pwede naman niyang ibigay ng maayos.

Sinamantala ko ang momentness na nasa banyo siya kaya ibinalot ko sa buong katawan ko 'yung kumot na ibinato niya. Napangiti ako sa sarili ko.

"May tinatago rin naman palang bait sa katawan, e." sabi ko sa sarili ko "Dapat pala Vegeta ang tawag ko sa kanya at hindi San Goku." huli kong pagsasalita saka tuluyan ng nakatulog na hindi man lang nakikita si Elton na lumabas ng banyo.

Asar! Hindi ko nakita kung boxer o brief o wala siyang suot kapag natutulog siya.

ZZzzzzzzZzzzzzZzzzzz.

-

Maaga akong nagising kinabukasan. Naabutan ko pa ngang mahimbing na natutulog si San Goku sa sarili niyang kama, e. Tumayo na agad ako at tinupi ng maayos 'yung kumot saka inilagay ito sa ibabaw ng sofa na tinulugan ko. Palabas na sana ako ng k'warto nang mapahinto ako dahil may nakalimutan akong gawin.

Lumapit ako sa kama at pinagmasdan ang natutulog na mukha ni Elton. Ka-gwapo pala talaga ng timawa na 'to. 'Yung kilay niya napakakapal na perpekto ang pagkakahulma. Ang tangos ng ilong niya. Medyo nakabuka 'yung labi niya. Maingat lang ako sa pagmamasid sa mukha niya dahil baka magising ang timawa at bigla akong ikame-hame-wave palabas ng k'warto.

Pinagsawa ko muna ang mga mata ko sa pagtitig sa mukha niya saka muli ng tumalikod. Nasa may pintuan na ako nang may maalala na naman akong gawin. Kailangan ko 'tong gawin para malaman ko ang sagot sa katanungan ko at matahimik ang katawang lupa ko.

Muli akong bumalik sa may gilid ng kama ni Elton. Dahan-dahan kong itinaas 'yung kumot para makita kung anong suot niya kapag natutulog siya.

Ibinaba ko ang ulo ko saka sinilip ang suot niya, "Hihihi. Boxer na kulang itim." natutuwa kong pagsasalita sa sarili ko dahil finally alam ko na ang sagot sa tanong ko.

Lumabas na ako ng k'warto saka naglakad-lakad sa pasilyo. Ang tahimik ng buong malaking bahay ni Lolo Andres. Parang walang tao kahit sobrang laki nito. Hindi rin pala masaya kapag malaki ang bahay niyo? Magkakaroon ka kasi ng pakiramdam na parang mag-isa ka lang at wala kang kasama.

Hindi katulad sa bahay namin sa probinsya. Kahit maliit lamang iyun ramdam mo naman ang mga tao. Sa umaga kasi maririnig mo na agad 'yung kapitbahay niyong nakikipag-away sa asawa niya. Murahan in the morningness ang ginagawa nila. Murahan din ang almusal nila.

Habang naglalakad bigla akong may nakasalubong na isang babae na kasing-edad ko lang siguro. Nakasuot siya ng pang-katulong na damit. Magpapatay malisya sana ako at ayokong ipahalata sa kanya na naliligaw ako pero siya na mismo ang huminto sa harapan ko.

"Ma'am," magalang nitong pagsasalita.

Humarap ako sa kanya na kunot ang noo ko, "Ma'am? Teacher ba ako? Estudyante ba kita?"

Napahagikgik siya, "Hihi. Kayo talaga, Ma'am, palabiro talaga kayo tulad ni sir Fernando." sagot nito na natatawa "Pinapasabi po ni Lord Andres na papuntahin ko kayo sa dinning table kapag nagising na kayo."

"Ahhh," napatango-tango ako, "Sige, salamat."

Itinuro niya sa akin ang papunta sa dining table ek-ek na sinasabi niya. Mukhang maliligaw na naman ako dahil una bobita ako sa mga direksyon. Pangalawa, hindi ko matandaan 'yung eksaktong sinabi niya. Ang natatandaan ko lang ay lumiko, kumanan, tumambling, umisplit, at mag backward kapag nasa ibaba na ako. Bahala na nga.

Nang nasa ibaba na ako at mag i-split na sana bigla kong nakita si sir Fernando. Kinausap niya ako at sinamahan papunta sa may dining area ng mansion. Sayang. Akala ko pa nama makakapag-split at backward na ako. De bale. Mamaya ko sa garden 'yun gagawin.

Naabutan ko si Lolo Andres na nakaupo sa dulong parte ng mahabang lamesa habang nagbabasa ng dyaryo. Nakasuot na siya ng pang-business niyang damit at mukhang may maagang pupuntahan. Nang mapansin niya ako inilapag niya sa lamesa 'yung dyaryo at todo ngiting nakatingin sa akin na parang may pinapangahulugan na may magandang nangyari nitong madaling araw.

"How's your sleep, apo?" masiglang bati sa akin ng matanda.

Jusko. Ang aga-aga english ang tanong. Lakas makasira ng araw.

Ngumiti ako, "I'm 20 years old po," proud kong sagot. Nagulat si Lolo Andres kaya bigla akong napangisi. Akala niya siguro hindi ko alam isasagot sa english niyang tanong.

"Hahaha, ikaw talaga apo palagi mo akong pinapatawa," sagot niya. Ano kaya nakakatawa 'dun. "Anyway, have a seat. Nagpapahanda na ako ng almusal natin."

Umupo ako sa upuan na may tatlong pagitan mula kay Lolo Andres. Nilibot ko ang paningin ko dahil nagtataka ako kung bakit dalawa lang kaming andito.

"Lolo, nasaan ang mga apo mo? Ba't tayo palang ang andito?" nagtataka kong tanong.

Matipid siyang ngumiti, "Si Kylde natutulog pa. Si Klode naman maagang umalis dahil may gagawin daw siya sa school niya. Si Chris nasa may garden at nakikipaglaro siya sa aso niya." biglang napalitan ng lungkot ang ngiti niya. "Si Erwin naman 'di ko pa nakikita."

"Nakwento nga po sa akin ni sir Fernando." sagot ko.

Napatango siya, "Pero 'di ako nawawalan ng pag-asa na muling makita si Erwin. Alam kong buhay pa 'yung apo ko na 'yun. Kaya as much as possible, lahat ng koneksyon ko gagawin ko na para matagpuan siya." pag kwento niya "Si Elton pala. Tulog pa rin ba?"

"Patay na po," seryoso kong sagot.

"Ano?"

"Tulog pa-" naputol ang sinasabi ko nang biglang may marinig akong magsalita mula sa likuran ko.

"Good morning, Lolo." pagsasalita nung timawa.

Napatingin ako sa kanya at kitang-kita ko na naka-straightline ang labi niya na parang ang aga-aga aburido at iritado na agad siya. Lumapit siya kay Lolo Andres saka humalik sa pisngi ng matanda. Wow, sweet ah. May tinatago talagang tamis sa katawan 'tong si San Goku, e. Nahihiya lang ipakita.

Nagtama ang mga mata naming dalawa. Ngingitian ko sana siya pero bago ko pa magawa nairapan na niya agad ako. Umupo siya sa tabi ko.

"Good morning, Althea." pagbati niya sa akin.

"Morning." maikli kong bati sa kanya dahil nga snob ako sa personal.

"Kumusta kayong dalawa? Are you doing just fine? Getting along very well?" tanong ni Lolo Andres sa aming dalawa ni Elton.

Napakunot ang noo ko. Minumura ba kami ni Lolo Andres?

"Yes, Lo." saad ni Elton. "Nag kwentuhan kami ni Althea hanggang madaling araw. We even shared my bed. Malikot pala 'tong si Althea matulog kaya ilang beses ng muntik mahulog sa kama. Mabuti nalang pinagmamasdan ko siya kundi sumalampak na ang mukha niya sa sahig." may maliit na ngiti na sumilay sa labi ni Elton habang nag ku-kwento.

Napataas ang kilay ko hanggang rooftop ng mansion dahil sa sinabi niya. May ganoong nangyare ba kanina? Ba't wala akong maalala. Nasinghot ba ni Elton ang boxer niya kaya kung anu-ano pumasok sa utak niya?

"Totoo ba, Althea?" nakangiting tanong ni Lolo sa akin.

"Naku, hindi-" napatigil na naman ako nang maramdaman ko ang mahigpit na pagkakahawak ni Elton sa braso ko na nasa gilid. Tinignan ko siya at ang seryoso ng tingin niya sa akin na parang pinanganghulugan na 'Sumakay ka nalang sa mag pinagsasabi ko kundi iuntog kita sa biceps ko'. Napalunok ako. "Opo, Lolo. Nag kwentuhan po kaming dalawa ni Elton. Nalaman ko nga rin na may pagka-manyak pala 'tong apo niyo, Lolo Andres. Pasimple niya kasing tina-touch ang boobs ko."

Tawa ng tawa si Lolo Andres sa sinabi ko, "God, Elton. Ang bilis mo naman. H'wag ganyan. Hindi porket hinayaan ko kayo na magsama sa iisang k'warto nitong si Althea 'e mag ti-take advantages kana. Be responsible, okay?" tinapos ni Lolo ang iniimon niyang kape "Maiwan ko na kayo. I'll go ahead. Mawawala ako ng ilang araw or even weeks. Althea, kung may kailangan ka sabihin mo lang kay Elton. Elton, apo, kapag may problema sa kompanya just give me a call."

"Noted po, Lolo." sagot naman ni Elton.

"Notebook po, Lolo Andres." sagot ko naman.

Nang mawala na si Lolo Andres sa harapan namin ni Elton biglang nagsalita ang timawa.

"The fuck what's that?"

"The dak yu ka rin. H'wag mo kong murahin!" pag angal ko sa kanya saka ininom ang kape ko.

"Hindi kita minumura. Pero ano 'yung pinagsasabi mo? Hinawakan ko boobs mo? Are you out of your mind? Bakit kailangan mo sabihin 'yun sa Lolo ko?" inis na tanong niya. "You're so impossible, promdi girl."

"Aba, ako pa ang sinisisi mo? Mabuti nga 'di ko sinabi kay Lolo na sa sofa mo lang talaga ako pinatulog, e." tumusok ako ng hotdog "Alam mo bang masama ang magsinungaling? Pero dahil sa ginawa mo nakapagsinungaling ako ng wala sa oras. Kasalanan mo rin, e."

"We have to lie," kalma niyang sagot "Masyado ng maraming pinagdadaanan si Lolo ko. Kaya lahat ng sinasabi niya sinusunod ko para hindi na madagdagan ang stress niya. He's too old for too much stress."

Napatitig ako kay Elton nang sabihin niya iyun. Nakatingin lang siya sa plato niyang wala pang ano mang pagkain. Bigla kong naisip na mahal ni Elton si Lolo Andres kaya sumusunod-sunod lamang ito sa mga sinasabi ng matanda. Sweetness overload naman pala 'tong si Elton.

"Kaya hindi mo magawang sabihin sa kanya na 'di ka pabor sa ideyang kailangan natin magkaroon ng forever?" kumagat ako sa hotdog "Saka, 'di ba may girlfriend ka? Ano nalang mararamdaman niya kapag nalaman niyang gusto kang ipakasal ni Lolo sa akin. Siguradong hurtness si ate."

Tumalim ang tingin ni Elton sa akin, "As if naman na kailangan niyang malaman. Sisiguraduhin kong nasabi ko na kay lolo na hindi ako pabor na ikasal sa'yo bago pa niya malaman." sagot niya "I love Jenina with all my heart. She's the only girl I want to marry and I want to spend my life with forever. Kaya kung inaakala mo na makukuha mo ako," napangisi siya "Better think twice because it won't gonna happen."

Tumayo na si Elton. Bago pa siya tuluyang lumakad nagsalita pa siya, "And, don't worry. Hindi ka na sa sofa matutulog mamaya." sabi niya "May tutulugan ka na."

"Kthnxbye." Ang tangi ko nalang naisagot dahil nga snob ako sa personal.

Tinignan pa niya ako ng ilang segundo bago siya tuluyang lumakad at nawala sa paningin ko. Nakita ko naman 'yung isa sa kambal na naglakad papuntang kusina ata 'yun. Akala ko si Klode 'yun pero napansin kong matikas maglakad kaya napag-alaman kong si Klyde 'yun. Malambot gumalaw si klode, e. Siya 'yung naka-downy isang banlaw sa kanilang dalawa ng kambal niya.

Nang matapos akong kumain ililigpit ko sana 'yung platong pinagkainan ko. Pero pinigilan ako 'nung matandang babae na nagpakilalang katulong din ng mansion. Siya na raw ang bahala. Nagpasalamat ako at lumakad na palabas ng dining area.

Papunta na ako sa may sala nang may makita ko na naman 'yung isang katulong na tumawag sa akin na ma'am na 'di ko naman student kasi nga 'di naman ako teacher. Buhat-buhat niya 'yung dalawang maleta ko pati na rin 'yung bayong.

"Oy! Oy! Saan mo dadalhin 'yan, student?" student na itatawag ko sa kanya since ma'am naman tawag niya sa akin. Sasakyan ko na ang trip niya sa buhay.

"Dadalhin ko po sa magiging k'warto niyo. Pinag-uutos po ni sir Elton, ma'am."

"Talaga? May magiging k'warto na ako?" hindi ako makapaniwalang sagot "Ayaw talaga ako kasama ng San Goku na 'yun sa k'warto niya pero oks lang naman. Ang importante I have my owness room na. Hehe."

"San Goku po?" nagtatakang tanong ng student ko.

Tumango ako, "Yes! Si San Goku 'yung si Elton. Kitamo buhok niya? Kulay yellow. Parang super sayans." sabi ko saka bumulong "Tingin mo ba 'yung buhok niya down there yellow din?"

"Hala, ma'am. Wala po akong alam." Biglang nag blush si student ko. Ba't may pamula-mula pa siya ng mukha diyan.

"Hayaan na nga natin. Tara, punta na tayo sa magiging k'warto ko." sabi ko "Akin na 'yang isang maleta. Mabigat 'yan. Tulungan na kita."

Iniwan niya 'yung pagkuha ko sa maleta, "Naku, ma'am. H'wag na po. Ako na lang po. Mapapagalitan po ako kapag pinabuhat ko ito sa inyo."

"Hindi 'yan. Secret lang natin. Saka, h'wag kang mas marunong sa akin. Student kita at ako ang ma'am mo kaya dapat susunod ka sa akin. Kundi ililista kita ng noisy at cleaners ka ng isang taon." pananakot ko sa kanya.

Natawa lang siya at finally ibinigay na rin 'yung isang maleta ko. Lumakad na kaming dalawa ni student ko papunta sa magiging k'warto ko. Nag kwentuhan din kaming dalawa. Tinanong niya ako kung ilang taon na ako at napag-alaman ko na parehas lang kaming dalawa. Dalawang taon na raw siyang naninilbihan sa pamilya ng Falcon.

"Ganun ba talaga si San Goku, student? Palaging aburido sa buhay at parang ang daming hate sa katawan?" pagtatanong ko. Nasa dulo at tagong parte na ata kami ng mansion.

"Opo, ma'am. Hindi ko pa po siya nakitang masaya o nalungkot man lang. Palaging walang reaction. Noong namatay nga si Sir Erwan at Ma'am Cynthia 'yung kambal at si Chris lang ang umiyak. Siya walang reaction." malungkot niyang pag ku-kwento.

Bigla akong nalungkot, "Aww. Mahirap 'yun. 'Yung gusto mong umiyak pero 'di mo nilalabas."

Agad akong nakaramdam ng awa kay Elton. Hindi ko alam kung bakit. Basta biglaan akong naaawa sa kanya. Alam kong gusto niyang umiyak noong mga oras na 'yun pero mas pinili niya lang itago ang mga luha niya para maging matatag. Nakakalungkot pala ang buhay ni San Goku.

After ng ilang lakaran nakarating na kami sa magiging k'warto ko. Nasa dulong parte nga ito ng mansion at parang nasa underworld pa ito dahil bumaba pa kami ng ilang hakbang sa hagdan.

Binuksan ng student ko ang k'warto ko at tumambad sa akin ang isang bodega na pinaglalagyan ng kung anu-anong mga sirang kagamitan. May ilang karton din na pinaliliguan na ng mga alikabok.

"WOW!" paghanga ko rito "Ito magiging k'warto ko? Ang laki naman."

Gulat na napatingin sa akin si student, "Natutuwa pa kayo, ma'am?"

"Aba'y oo naman. Ba't naman ako malulungkot? Eh, mas malaki pa 'tong magiging k'warto ko ng hindi hamak kaysa 'dun sa bahay namin sa probinsya, e. Saka alam mo ba 'yung bahay naming sa probinsya isang k'warto lang andun na ang lahat." dagdag ko pa "Pero malinis 'yun. Malinis akong tao, e."

"Totoo po?"

Tumango ako, "Yes of courness. Plastic lang akong tao pero malinis ako." proud kong sagot "Pahiram nalang ng basahan saka waling tambo at lilinisin ko 'tong k'warto ko."

Nagpaalam si student sa akin na kukuha lang daw siya sa itaas kaya iniwan niya muna ako. Hindi ko mapigilan na hindi mapangiti sa magiging k'warto ko. Ang saya lang. Mararanasan ko na rin magkaroon ng k'warto sa tanang buhay ko.

Habang inililibot ko ang paningin ko sa kabuohan bigla akong may narinig na nagsalita sa likod ko. Boses ni San Goku.

"So, how's your new room. Nadidiri ka ba?" nakangisi niyang tanong sa akin.

"Nadidiri?" gulat kong sagot "Shunga ka ba? Ba't naman ako madidiri 'e ang saya-saya nga dahil magkakaroon ako ng sariling k'warto. Kaunting linis lang dito magiging maayos na 'to!" sagot ko "Sabi ko na, e. May bait ka ring itinatago sa katawan. Tignan mo naisip mo pa akong bigyan ng sariling k'warto. Salamat, San Goku. Maraming-maraming salamat."

Napatitig na naman siya sa akin na parang hindi makapaniwala sa isinagot ko sa kanya.

"Seriously?" saad niya "Talagang natutuwa ka pa sa ginawa ko?" tumango ako ng dalawang beses. "God, you're so impossible."

"Ba't naman ako impossible, aber?"

"Talk to yourself, promdi girl." galit niyang tugon at isinarado ang pintuan ng sarili kong k'warto.

'Yung talaga si San Goku ang moody. Hindi ko matimpla ng maayos ang ugali niya. Una, masungit, sunod magiging mabait, tapos sunod masungit na naman.

Pero dedma nalang. At least may bago akong k'warto rito sa mansion at hindi ko na

makakasama sa k'warto 'yung San Goku na 'yun.

YEHEY!

Ay, pero teka. Kung dito na ako matutulog ibigsabihin hindi ko na makikita si San Goku kung ano ba madalas niyang suotin kapag natutulog siya. Boysit naman. Siguro sisilipin ko nalang siya tuwing madaling araw.

Tinanggal ko 'yung mga karton na nakalagay sa ibabaw ng lumang kama saka pabagsak na humiga rito. Pagkabagsak ko sa kama bigla akong napaubo-ubo dahil ang alikabok din pala nito. Isang balde ata ng alikabok ang nalunok ko. Mukhang hindi ko na kailangan mag tanghalian dahil sa alikabok lang busog na ako.

==========

Chapter 4

Hello! sorry sa late update. Kakauwe ko lang kasi. Enjoy reading and comment! :D

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 4

Tatlong araw na ang nakakalipas simula nang makarating at manirahan ako rito sa mansion ng mga Falcon. At ibigsabihin, tatlong araw na rin ang lumilipas simula ng makipagplastikan ako sa mga tao rito. Chos lang. Nakikipag-friendliness naman ako

sa kanila, 'no, kapag feelness ko nga lang. Pero madalas dedmaness lang ako sa kanila kasi nga, 'di ba, snob ako sa personal?

Jokingness lang ulit! Nakikipag-usap naman ako sa kanila everyday. You know, ang mga taong galing probinsya ay mga friendliness. Naniniwala kasi kami sa kasabihang "Friendliness is next to unfriendliness." saka sa "Ang taong hindi amarunong tumingin sa pinanggalingan malamang ay maliligaw."

Ayoko namang maligaw kaya dapat friendliness lang ako palagi kahit na may pagka-snob talaga ako sa personal.

Pero alam niyo? Madalas talaga sa mansion na 'to hindi ako kinakausap ng mga tao rito. Palagi kasi silang tutok sa mga trabaho nila at palaging busy sa kanya-kanya nilang mundo. Ayaw din naman nila akong patulungin sa mga ginagawa nila dahil magagalit daw ang bossing nila. Saka, ba't ba lahat sila tawag sa akin ay ma'am. Ang dami ko naman palang students sa mansion na 'to.

Kaya tuloy ang madalas ko lang na ka-chikahan ay si student ko na hanggang ngayon ay ma'am pa rin ang tawag sa akin. Ibabagsak ko to sa klase kapag ako na-badtrip, e. O, kaya paglilinisin ko siya ng buong mansion na mag-isa niya lang para naman matigil ang kaka-ma'am niya sa akin.

Sa totoo lang 'din nalulungkot ako sa mansion na 'to. Akala ko magiging masaya ang pagtira ko rito sa Maynila kapag nakarating ako rito. Akala ko rin kapag mas malaki ang bahay na tinitirahan ng isang tao mas masaya at mas happy ang buhay. Ganon kasi 'yung napapanood ko sa mga movies noong nasa probinsya pa ako, e. Parang ang saya-saya at nakakamangha kapag malaki ang bahay. Pero ngayon na sa isang mansion na ako nakatira, naisip ko na the more pala na mas malaki ang bahay the more mararamdaman ang kalungkutan.

Hindi ko nararamdaman ang love sa bahay na 'to. Mayaman sila at nakukuha nila ang gusto nila ng walang kahirap-hirap pero dahil 'dun nawawala na ang sense ng pagiging pamilya nila. Hindi ko alam kung ganito ba talaga sila mula noon o naging ganito lang sila noong nagkaroon ng trahedya at pumanaw ang mag-asawa saka nawala si Erwin pogi.

Kahapon din, nakita kong nag-aaway 'yung kambal. Nang mapadaan ako sa k'warto nung Klyde dahil nga naliligaw na naman ako, nakita kong sinisigawan ni Klyde si Klode —'yung kakambal niyang naka-downy isang banlaw dahil sa sobrang soft. Galit na galit ito. Tinawag pa niya 'yung kambal niya na 'Nakakadiri' at mas gugustuhin niya raw na ipinanganak nalang siyang mag-isa kaysa may kakambal siyang tulad ni Klode.

Na-hurtness ako sa sinabi ni Klyde kahit na hindi naman ako ang sinasabihan. Akala ko iiyak si Klode 'nun pagtapos pero hindi. Nang makita niya ako nginitian niya pa ako ng matipid. Hindi ko alam kung totoong ngiti ba iyun o sadyang fakeness lang iyun para ipakita sa aking hindi siya nasaktan at okay lang siya.

Gusto ko sana siyang yakapin 'nun, e. Gusto kong iparamdam sa kanya na kung nadidiri ang kakambal niya sa kanya pwes ako hindi. Hindi ako nadidiri sa naka-downy isang banlaw dahil madalas ko iyun gamitin kapag naglalaba ako noon sa

probinsya. Pero bago ko pa siya mayakap agad na siyang nawala sa paningin ko.

Hahanapin ko sana siya pero ayun, naligaw na naman ako sa mansion dahil nga sa sobrang laki. Hindi ko na nga nayakap si Klode naligaw pa ang gagang si ako. Wala talaga akong nagagawang mabuti sa buhay ko sa truthness lang.

"Student, kwentuhan mo naman ako ng aboutness sa kambal." pagsasalita ko habang nakaupo sa gilid ng fountain na akala ko angel o tilapia ang design pero hindi pala. Seahorse pala 'to. Bakit kasi ang ikli ng nguso? Sa probinsya namin ang hahaba ng nguso ng mga seahorse, e.

Umaga na ngayon at kasalukuyang pinapakain ni student ko si Chris ng agahan. Itong si Chris hanggang ngayon hindi pa rin ako kinakausap. Kahit isang salita wala pang sinasabi sa akin. Kapag kinakausap ko siya nakatingin lang siya sa akin o kaya madalas dedma lang siya sa akin. Tinakot ko na lahat-lahat pero wala pa ring say. Sabi ko sa kanya kung 'di niya ako kakausapin ilulunod ko siya sa swimming pool. Joke lang.

"Sino pong kambal, ma'am?" tanong ni student sa akin "Si sir Klyde and sir Klode po ba?"

Napailing ako, "Ay, hindi. Si sir Fernando saka Lolo Andres." sagot ko.

"Hindi naman po sila kambal, ma'am, e." napakamot pa si student. May kuto ba siya? Sa tanda niyang 'yan may kuto pa rin siya? Childhood friend niya siguro. Ayaw nila maghiwalay, e.

"O, 'di ba, hindi sila kambal. Kaya malamang si Klyde at Klode ang tinutukoy ko." prangka kong sagot sa kanya "Ikaw talaga student mabuti nalang napagtitiisan kitang kausap. Kasi kung hindi, snob lang ako sa'yo."

Napahagikgik naman siya, "Ano pong gusto niyong malaman tungkol sa kambal, ma'am?"

"Gusto ko malaman kung bakit parang ang init ng ulo ni Klyde kay Klode." sabi ko saka umupo sa harapang upuan na inuupuan ni Chris. Tutusukin na sana ni Chris 'yung hotdog na nasa plato niya pero mabilis ko itong dinakma saka isinubo. Napatingin si Chris sa akin pero dedma lang ako. "Kasi, alam mo kahapon narinig kong sinabihan ni Kylde si Klode na nakakadiri raw ito. Saka mas gusto niya pa raw na walang kakambal. May naging away ba sila?"

Umiling si student, "Hindi ko alam, ma'am, e." sagot niyang seryoso "Actually po, pagdating ko palang dito magaspang na ang trato ni sir Klyde sa kakambal niya. Pero hindi po ganyan kagrabe kasi madalas pagsabihan ni sir Erwin si sir Klyde na dapat sa kanilang lahat na kapatid niya si sir Klode ang pinakamahalin niya kasi raw magkasama na silang dalawa noong nasa loob pa lang sila ng tiyan ni ma'am Cynthia."

"Nakikinig naman siya?" curiousness kong tanong.

"Ay, opo, ma'am. Kapag si sir Erwin po ang nagsasalita lahat sumusunod."

"Sumusunod kasi natatakot?"

"Ay, hindi, ma'am. Sumusunod po sila kasi mabait na Kuya si sir Erwin. Magaling po 'yun sa decision making. Lahat sa kanya nakadepende. Sa kanya humihingi ng advice sa lahat ng bagay." napangiti si student "Ang saya-saya nga po ng mansion dati noong andito pa si sir Erwin, e. Palakwento kasi 'yun saka palaging nakangiti. Kinakausap kaming lahat at kinakamusta. Hindi niya kami tinatrato bilang katulong. Ang trato niya sa amin ay parang katulad niya lang din."

Napatango-tango ako sa pag ku-kwento ni student tungkol kay Erwin pogi. Kahit hindi ko pa ito nakikilala sa personal parang na-meet ko na rin tuloy siya. Bigla rin tuloy akong nagka-crush sa kanya kasi parang masyado na siyang perfectness, e. Mabait, magalang, gwapo, tapos mayaman. Para siyang fictional character sa mga nababasa kong komiks sa probinsya noon. Nakakalungkot lang tuloy ang sinapit nitong kamalasan. Pero, malakas ang kompyansa ko na buhay pa ito. Magpapakalbo talaga ako kapag hindi na talaga siya natagpuan pa. Bigla tuloy akong napaisip. Bagay kaya sa akin ang kalbo o magpa-mohawk nalang ako? 'Yung pudpud ang gilid ng ulo ko tapos ang natitira lang ay sa bandang gitna.

"Eh, si San Goku naman?" muli kong pagtatanong. "Anong kaplastikan naman ang sasabihin mo tungkol sa kanya?"

"Po?" nagulat si student "Hindi naman po ako plastic, ma'am."

"I know rightness! Ako lang plastic sa ating dalawa," mabilis kong saad "Mag kwento ka naman tungkol sa ugali ni San Goku."

"Uhm," napaisip si student. Inilagay niya pa ang hintuturo niya sa baba niya na akala mo talagang nag-iisip. Hindi naman niya kinaganda 'yung ganung itchura, "Wala po akong masasabi tungkol kay sir Elton, e. Tahimik lang po kasi 'yun at hindi pala-salita." sagot niya.

"Ay, ano ba 'yan. Wala kang kwenta, student. Hindi ka pala maaasahan sa kwentuhan." prangka kong sagot sa kanya. Napahagikgik lang si student sa akin na akala niya nagbibiro lang ako pero totoo kaya 'yung sinabi ko.

Nagpaalam muna ako kay student na papasok muna ako sa loob nang matapos akong makipagplastikan sa kanya. Sabi ko sa kanya may kukunin lang ako sa k'warto ko at babalik din ako para muling makipagplastikan. Pag pasok ko sa loob ng mansion as usual muli na naman akong naligaw. Hindi ko alam kung saan ba ang daanan papunta sa k'warto ko kahit ilang araw na akong paikot-ikot dito. Napakalaki naman kasi talaga ng bahay nila.

Nasa tapat na ako ng hagdanan nang makita ko si Elton na pababa. Nakasuot siya ng business-suit habang may kulay itim na leather bag na nakasabit sa balikat niya. Mukhang papasok na sa kompanya ng mga sayans. Ang pogi-pogi niya sa totoo lang pero

hindi ko siya masyadong pinansin kasi nga snob ako sa personal at hindi kami close. Baka isipin pa ng San Goku na 'yan e may crush ako sa kanya. Ewww lang flizzz.

"What are you doing?" english na tanong nito sa akin habang inaayos ang kurbata niya "Do not ramp your stupidity here in mansion."

Hinarap ko siya, "Pahiram ng ballpen." sabi ko.

Mukhang naguluhan siya, "What for?"

"English ka naman ng english. Basta, pahiram nalang ako. Ang daming tanong. Teacher ka ba?"

Tinignan niya lang ako ng seryoso saka kumuha ng ballpen sa may bag niya, "Anong gagawin mo?"

"Wala ka na 'dun." sagot ko saka kinuha 'yung ballpen "Pahiram ng papel."

"The fuck? What do you think of me? Bookstore? Store for school supplies?" iritado niyang tanong. Kahit naiirita siya ang pogi niya pa rin megesh! Ang sarap kurutin ng pisngi niya habang sinasabi na "Ang kyot-kyot mo naman baby boy! Sinong mama mo? Ano? Ka-kyot mo!"

"Dapak ka rin. H'wag mo kong murahin. And excuse me, what do you think of me rin? Thinking of you? Utang na labas lang flizzz. Kilabutan ka naman San Goku," diring-diri na sagot ko "Nasaan na 'yung papel?" nilahad ko pa ang kamay ko.

Lalong kumunot ang kilay ni San Goku pero wala na siyang nagawa. Kumuha pa rin siya ng papel sa bag niya saka inabot sa akin. Padabog ko itong kinuha habang bumubulong-bulong pa.

"Magbibigay din naman pala pero ang dami pang sinasabi." sabi ko habang sinusulat ang pangalan ko sa papel "Akala naman niya kinagwapo niya ang dilaw niyang buhok. Nagmukha ka lang mais. Oh!" inabot ko sa kanya 'yung papel na pinagsulatan ko ng pangalan ko.

Tinignan niya ito, "Anong gagawin ko diyan?"

Kinuha ko 'yung kamay niya saka inilagay dito 'yung papel, "Kunin mo na 'wag kana mahiya. Authorgraph ko 'yan sa'yo para next time na magkasalubong tayo hindi mo na ako kakausapin. Snob kasi ako sa personal. Sige bye, fan. Ingat ka sa trabaho mo." huli kong sinabi kay Elton saka siya iniwan na nakatayo sa tapat ng hagdanan na ang sama-sama ng tingin sa akin.

Authorgraph ko lang naman kailangan 'nun para manahimik na siya. Kausap ng kausap sa akin 'e hindi naman kami close. Ang hirap talaga kapag maganda, 'no? Kasi

kukulitin ka talaga ng mga lalaki para hingian ng authorgraph. Masyadong maswerte 'yung Elton na 'yun dahil mabilis siyang nakakuha ng pirma ko kasi sa probinsya? Pinapahirapan ko muna ang mga kapitbahay namin. Sabi ko bibigyan ko lang sila ng pirma ko kapag nakahuli sila ng isda na kasinglaki ng bahay namin.

Palinga-linga na naman ako sa buong paligid para hanapin ang daanan papunta sa k'warto ko. Saan ba rito 'yun? Kakanan ba ako o kakaliwa? I-split ba ako o bebending? Ba-backward ba ako o ta-tumbling mun? O, baka naman sabay-sabay ko gagawin ang lahat ng iyun. Ah, ayun pala. Ba't ba ang bobita ko sa direksyon? Hehe. Nagpatuloy na ako sa paglalakad.

Pagdating nga ni Lolo Andres hihilingin ko na bigyan niya ako ng trabaho sa kompanya niya. Nakaka-boring kasi rito sa mansion dahil nga wala akong ibang magawa. Ayoko naman tubuan ng ugat, 'no. Pero teka—tinutubuan ba ng ugat ang plastic na kagaya ko?

Pumasok na ako sa loob ng k'warto ko. Ang k'warto kong super dumi nakaraan ngayon ay malinis na. Wala ka ng makikitang alikabok sa loob nito. Ang sahig pwede mo ng gawing salamin sa sobrang kintab. 'Yung mga karton inilagay ko sa gilid tapos 'yung isa ginawa kong lagayan ng damit. Ipinatong ko rin dito 'yung picture frame ni Lolo Philip para sa tuwing umaga makikita ko agad ito.

Binuksan ko 'yung bayong ko at kinuha ang natitira pang suman. Ibibigay ko ito kay student para matikman niya ang pinagmamalaki kong suman na ako mismo ang nagluto. Dalawa nalang ang natitira kasi tuwing gabi habang nakatunganga rito sa k'warto ko nginangata ko ito.

Lumabas na ako ng k'warto ko nang makuha ko na ang pakay ko. Palinga-linga na naman ako sa paligid para alalahanin ang daanan palabas. Mukhang maliligaw na naman ako, ah. At tama na naman ako. Naligaw na naman ang bobitang tulad ko. Nakakainis talaga. Ang sarap sunugin ng mansion na 'to.

Palakad-lakad nalang ako nang makarating ako sa may kusina at nakita ang matabang likod, matabang braso, matabang, batok, matabang binte, at matatabang balang ni Ate Betty—ang cook ng mansion. Nasa may lababo siya habang may ginagawang kung ano na 'di ko mawari. Parang may tinatalian siyang hayop. Nalaman ko lang na kung anong hayop 'yung nang mag-ingay na ito at parang umiiyak at nagmamakaawa kay Ate Betty.

"Oink! Oink!" paghiyaw nung biik na parang nahihirapan.

"Pisti kang yawa ka. H'wag ka malikot para matalian kita ng maayos!" hiyaw ni Ate Betty na living proof ng salitang mataba.

Agad akong lumapit sa gawi niya, "Oy, Ate Betty. Ano'ng gagawin mo diyan kay biik?" sabi ko saka tumingin sa biik na kulay puti. Sobrang liit pa nito na parang kakalabas lang sa bilat ng nanay niyang baboy. Nakakaawa tignan 'to dahil parang umiiyak siya at kanina pa nagmamakaawa kay Ate Betty na mataba na 'wag siyang talian.

Ibinaling ni Ate Betty ang mataba niyang mukha sa akin, "Ikaw pala, Ma'am Althea." pagbati niya sa akin. Tignan niyo na. Sabi ko sa inyo ma'am ang tawag nila sa akin, e. Hindi ako awareness na may student din akong mataba.

"Ako nga ito. Ikaw din ba 'yan, Ate Betty?" tanong ko pabalik.

"Opo, ako rin po ito."

"Ah, akala ko. Taba lang na tinubuan ng katawan ang nakikita ko." sagot ko "Anong ginagawa mo diyan kay biik? Bakit mo tinatalian ang ulo? Aso ba 'yan?"

"Ay, ma'am hindi po. Tinatalian ko po kasi para hindi na siya makagalaw."

"At, bakit naman?" bigla akong napapameywang nang dahil sa sinabi niya.

"Kasi po ipapakatay ko siya kay Rudolf." sagot niya. Si Kuya Rudolf naman ang asawa niya na hindi man pula ang ilong—super itim naman ng leeg nito. "Masarap po kasing pang-adobo ang karne ng biik."

"ANO?" gulat kong sagot "Kakatayin mo 'yan? Hindi ka man lang naaawa?"

"Eh, ma'am. Biik 'to. Kinakain naman talaga sila."

"Ay, hindi!" lumapit ako sa kanya saka kinuha ang biik "Hindi mo ito iluluto. Hindi dapat kinakain ang ganitong kaawa-awang hayop. Tignan mo, oh. 'Yung mga mata niya naluluha na. Grabe ka, Ate Betty!" pag sermon ko sa kanya "Kung gusto mo mag-adobo, sarili mo itali mo. Tapos ipapakatay kita kay Kuya Rudolf. Pati biik na walang kamalay-malay iluluto mo. Tapyasin ko taba mo diyan, e. Tse!"

Wala ng nagawa si Ate Betty dahil nag walk-out na ako sa harapan niya habang bitbit ko sa mga braso ko ang musmos na biik. Bumubulong-bulong pa ako ng kung anu-ano dahil sa sobrang awa ko sa biik na 'to.

"Grabe 'yang kalahi mo, biik. Ang sama ng gagawin sa'yo. Mabuti nalang nakita agad kita kundi adobo ka na bukas." pagkausap ko sa biik habang tinatanggal ang tali sa mga paa niya at leeg. "Ang sama-sama talaga ni Ate Betty, biik. Hayaan mo mamayang gabi gigising ako at siya naman ang itatali ko."

"Oink! Oink!" pag sagot ng batang biik sa akin.

"Gusto mo 'yun?" natatawa kong tanong sa kanya "Ikaw, biik ah. That's badness!"

Nakarating na ulit ako sa may garden pero wala na sila student ko at Chris. Hindi ko alam kung saan sila nagpunta pero mamaya ko na sila hahanapin dahil busy ako rito sa bago kong alaga. Hindi pwedeng katayin 'tong biik na 'to dahil kawawa

naman. Bigla ko tuloy napagdesisyunan na gawin siyang alaga ko. Naalala ko kasing si Chris may aso. So, dahil ayokong magpatalo, aalagaan ko naman itong si biik.

"Ano kayang magandang ipangalan sa'yo?" pagkausap ko sa sarili ko habang nasa harapan ko si biik na nakatulala sa akin.

"Oink! Oink!"

"Ano, oink oink? Ang pangit naman ng naisip mo." sagot "Kayo bang mga biik may utak?"

"Oink! Oink!"

"Sabi na wala, e. Ako na bahala na mag-isip ng pangalan sa'yo." saka ako napaisip "Aha! Alam ko na. Since may San Goku na sa mansion na 'to. Ang itatawag ko naman sa'yo ay Majinbu. Tutal parehas kayong mataba tapos pink din ang kulay niyo parehas."

"Oink! Oink!"

"Gusto mo 'yun?" tuwang-tuwa na sabi ko saka binuhat si biik na may pangalan na ngayong Majinbu "Hello, Majinbu. Ako nga pala ang amo mo. Ang pangalan ko Althea Josefa Marinduque. Best in English ako noong elementary saka Top 2 din kasi dalawa lang kami sa klase." pagmamalaki ko.

Habang buhat-buhat ko si Majinbu sa ere bigla akong napatingin sa may veranda kung nasaan ang k'warto ni Klode. Pag tingin ko 'dun bigla akong may naaninag na taong nakatayo na naka-palda at kulay pink na mahabang buhok. Akala ko kung sino na 'yun pero agad ko siyang nakilala nang mapatingin din ito sa akin saka biglaang pumasok sa loob ng k'warto niya.

JUSKO.

CONFIRM.

Naka-downy isang banlaw nga talaga si Klode.

May badinggersi nga sa pamilya ng mga falcon.

==========

Chapter 5

May tanong ako. Sagutin niyo muna bago kayo magbasa. Haha.

Ano ang tawag sa readers ni Althea? Bobiters, San Gokuers, Suman-ers, o Ness-ters? hahaha.

Enjoy! Please, do comment and vote para mas mabilis ang update! Thanks!

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 5

Hindi ko talaga alam kung papaano ako mag re-react nang dahil sa nalaman ko. Akala ko nananaginip lang ako nang makita ko si Klode na nasa ganoong ayos pero hindi. Truthness and nothingness but truthness lamang 'yun. Hindi liar ang mga mata kong magaganda. Totoong nakita ko ang naka-downy isang banlaw with fabric conditionaire na si Klode na nakapalda with matching pink na buhok pa nga raw. Jusko. Sa dinami-rami ng kulay pink pa talaga ang napili. Ba't kaya hindi purple? Mas kyot kaya ang violet.

Kaya ngayon habang nakakulong ako sa sariling KONG k'warto at mahimbing na natutulog si Majinbu sa tabi ko napapaisip ako. Biglang bumalik sa isipan ko 'yung momentness na una kong nakilala ang kambal. 'Yung momentness na na-witness ko kung paano sigawan at kagalitan ng bruskong si Klyde ang kakambal niyang si Klode.

Naisip ko 'nun na parang may mali sa pakikitungo niya. Ang alam ko kasi sa mga kambal kung hindi super closeness 'e super duper ultra closeness nila sa isa't isa. Pero bakit 'yung kambal ng Falcon Family hindi closeness. Palaging aburido 'yung si Klyde kay Klode. Nagmana 'yung isa kay San Goku samantalang 'yung isa naman kay Erwin. Uhm, badinggersi rin kaya si Erwin? Who knowsness. 'Di ko naman siya na-meetness, 'di ba ness? Yesness.

Marahil galit si Klyde kay Klode dahil nga bading ito. Pero bakit siya magagalit? Kinakahiya niya ba ang kakambal niya? Pinandidirihan? Kinakasuka niya ang pagkatao nito? Hindi ba dapat siya mismo ang uunang iintindi sa kakambal niya dahil nga magkasangga na ang mga pusod nila nang nasa loob palang sila ng tiyan ni Ma'am Cynthia? Pero imbis na siya mismo ang po-proteka sa kakambal niya ba't siya pa mismo ang unang humuhusga rito?

Gusto ko tuloy biglang puntahan si Klyde sa k'warto niya para lang sakalin. Kaso 'wag nalang. Baka maligaw na naman ako, e. Punyemas kasing mansion na 'to. Ang bigness kaya nakakaligawness.

Para sa akin hindi nakakadiri o nakakasuka o hindi dapat pinandidirihan kung bading ang isang tao. Ano bang mali kung bading siya? Choiceness niya ba 'yun? Isa ba 'yung klase ng malubhang sakit? Pinili niya bang tahakin ang landas na iyun na parang 'Ay, dito ako sa landas na ito. Mas gusto ko maging bading.'

Hindi naman, 'di ba? Dahil ang pagiging bading ay hindi choice ng kung sino man. Sigurado rin akong kung may choiceness lang ang isang tao, hindi niya pipiliin maging isang bading dahil sa mga matang mapanghusga na nakapalibot sa kanila. Sinong tao ba ang gustong pintasan at pandirihan? Wala. Ako lang. Chos!

Naalala ko bigla ang mga tao sa probinsya. 'Dun kasi maraming bading. Pero hindi gaya rito sa Maynila hindi sila pinandidirihan o kinasusuklaman o kinakahiya man lang. Sa probinsya namin kapag bading ka famous ka. Madami kang friends and ka-plastikan. Kung walang bading sa mundo 'e di walang magpapaganda sa atin tulad ng mga bading sa parlor. Kung walang bading sa mundo 'e di walang magpapasaya ng gabi tulad ng mga ginagawa ng mga bading sa perya o sa mga comedy bar. Kung walang bading sa mundo 'e di wala si Vice Ganda na tumutulong sa mga taong kapus-palad?

Hindi ko talaga ma-gets ang isipan ng mga tao. Ayaw nilang hinuhusgahan sila pero sila mismo ang unang humuhusga sa kapwa nila. Nakakapang-init sila ng bumbunan.

Bigla ko tuloy naalala 'yung teacher ko noong elementary. Isa rin siyang bading. Ang tawag namin sa kanya ay sir Ruffo. Pero ang pangalan niya raw sa gabi ay ma'am Ruffa. Kaloka si sir, 'di ba? Closeness na closeness ko rin 'yun, e. Siya kasi ang naggawad sa akin ng parangal na Best In English. Sabi ko kasi sa kanya 'nun 'di ko siya ilalakad sa kapitbahay naming crush na crush niya. Ngayon, masaya na sila. Sila ng dalawa. Nagbabadingan na sila. Charot!

"Oink! Oink!" bigla akong napatangin kay Majinbu nang bigla siyang magsalita.

"Majinbu, bakit?" pagtatanong ko sa kanya saka siya binuhat. Ang kyot talaga ni Majinbu. Ang sarap gawing adobo.

"Teka, ba't parang ang baho mo?" napasinghot-singhot ako. "Amoy tae ka Majinbu!"

Pag tingin ko sa kama ko may nakita akong isang tae na super tigas. Jusko. Ginawang kubeta ni Majinbu ang kama ko.

Inalapag ko siya, "Majinbu naman. Ba't ka dumumi sa higaan natin? Ang baboy mo!" sermon ko sa kanya. "Kakasuhan kita sa salang piggery! Alam mo 'yung piggery sa tagalog? Pambababoy!"

Pansin kong biglang napasimangot si Majinbu at maluha-luhang tumingin sa akin, "Oink! Oink!" malungkot niyang pag oink-oink.

Napangiti ako saka hinaplos ang ulo niya, "Humihingi ka ba ng sorry? Hays. Oo na. Hindi na ako galit. Basta sa susunod 'wag ka sa kama ko dudumi, ha? Kapag nadudumi ka sabihin mo sa akin at dadalhin kita sa kama ni San Goku. 'Dun ka dumumi. Dumi all you want 'dun." natawa ako.

Tumayo naman ako saka naghanap ng papel na pwedeng ipangkuha at ipangbalot sa dumi ni Majinbu na hanggang ngayon nasa kama pa rin. Tinignan ko 'yung mga laman ng karton na nasa gilid pero wala namang papel. 'Yung mga maleta ko puro damit lang ang laman. Napaweymang ako saka nag-isip habang nililibot ang tingin ko sa buong k'warto KO. Pag tingin ko sa basurahan nakita ko 'yung pinaglagyan ko ng suman kanina. 'Yung dahon ng saging. Bigla akong napangisi saka kinuha ito.

Lumapit na ako sa may kama ko at maingat na kinuha 'yung dumi ni Majinbu. Inilagay ko siya sa may dahon ng saging at saka ibinalot na parang suman. Kung titignan mo maigi hindi mo mapapansing tae ito kasi kakulay lang ng suman. Kulay green din. Puro damo siguro kinain ni Majinbu nakaraan kaya ganito ang kulay ng dumi niya. Yak, eww.

Itatapon ko na sana 'yung dumi nang bigla akong makarinig ng katok. Pag tingin ko sa pintuan nakita ko si student ko na nakasilip habang nakangiti. Ano namang ngini-ngiti ngiti niya diyan?

"Anong kailangan mo, student?" pagtatanong ko rito.

"Pinapatawag po kayo ni sir Elton. Kakain na raw po."

Napakunot ang noo ko, "Bakit? Hindi ba siya makakain na wala ako? Dala ko ba ang kaldero? Nasa akin ba ang ulam?"

Napahagikgik si student, "Kayo talaga, ma'am. Saka po nagagalit si sir. Ba't niyo raw po ginagawang alaga 'yang biik. Baliw ba raw kayo, ma'am?"

Napataas kilay ko, "Aba, ang magaling na San Goku nangingialam pa. Itanong mo sa kanya kung ba't niya pinakulayan ng dilaw ang buhok niya. May sayad ba kamo siya? Anong feeling niya siya si Naruto?"

"Hahaha."

"At ano'ng tinatawa-tawa mo diyan? Kaldagan kita sa noo, e." sabi ko kay student "Osiya, susunod na ako. Mga tao rito pinag-iinit ulo ko. CHOS!"

"Sige, ma'am." lumabas na si student ko.

"AY! WAIT LANG!" nagmadali akong lumabas ng k'warto pero agad nang nawala si student sa hallway.

Punyemas. Sana 'di ko muna siya pinaalis para may kasama ako palabas. Paniguradong maliligaw na naman ako nito papunta sa dining area. Falcon house is so bigness infairness talaga.

To be expectedness nga. 'Ayun, naligaw na naman ang gagang si ako papunta sa dining area. Ba't kasi hindi ko makabisado ang mga daanan sa punyemas na mansion na 'to at sa araw-araw nalang na ginawa ng Diyos kung hindi ako maliligaw palabas, maliligaw naman ako papasok. Ba't ba kasi pinanganak akong walang sense of directioness?

Papunta palang ako sa may dining area kitang-kita ko na ang mga titig ni San Goku. 'Yung mga tingin niya halatang galit na galit sa mga bobong tulad ko. Mukhang any momentness magtataasan na ang mga buhok niya at ihahampas sa akin 'yung mahabang lamesa. Dedma nalang. Kailangan ko siyang dedmahin kasi nga snob ako sa personal at nabigyan ko na rin siya ng authograph. Hindi ko siya ginantihan ng tingin. Hinigpitan ko nalang ang pagbuhat ko kay Majinbu at paghawak ko sa suman.

Teka—suman?

Napatingin ako sa hawak ko at punyemas lang talaga ba't hindo itinapon 'tong dumi ni Majinbu? Pero dedma nalang. Mamaya ko nalang itatapon. Hindi naman halatang dumi 'to dahil mukha siyang suman. lols.

"Ang tagal mo. God. Ba't ang bagal mo kumilos?" iritadong tanong sa akin ni San Goku. Nakasando lang siya na puti kaya kitang-kita 'yung mga muscle niya sa braso na nakapatong sa ibabaw ng lamesa.

Napaisip tuloy ako kung boxer ba o brief o wala siyang pang-ibaba na suot ngayon habang kumakain. Hindi ko kasi nakita dahil nahaharangan ng lamesa 'yung ibabang

parte ng katawan niya. Sisilipin ko nalang mamaya. Kunwari ilalaglag ko 'yung tinidor sa ilalim para makita ko kung anong suot niya. Hehe.

"Snob ako sa personal, 'di ba? Ang mga snob matagal talagang kumilos," ismid ko saka umupo sa harapan niya "Saka, naghimala ba ulit si Nora Aunor? Anong eksena mo at magsasabay tayong kumain ngayon. Friends na ba tayo? Sorry ka. 'Di ako nakikipag-friends. Snob ako sa personal." nag flips hair pa ako saka tumingin kay Majinbu na nakaupo sa binti ko "'Di ba, Majinbu, 'no? Snob ako sa personal?"

"Oink! Oink!" sagot nito.

"See? Alam ni Majinbu na snob ako." proudness kong sagot.

"Will you please stop saying snob shit? Mukha kang tanga." aburidong sagot ni San Goku.

Hindi ako nag react. Nakatuon lang ang pansin ko kay Majinbu.

"Hoy! I'm talking to you."

Sinulyapan ko si San Goku, "Ay! Ako pala kausap mo? Akala ko kasi sinasabihan mo 'yung sarili mo na mukhang tanga. Kasi sa ating dalawa ikaw ang mas mukhang tanga. Pinakulayan ang buhok ng yellow amputs."

Nanggagalaiti na si San Goku habang nakatingin sa akin. Napakapit pa siya sa tinidor na hawak niya, "Shit. Nakakawala ka ng pasensiya."

"Don't talkness to me then." napairap pa ako.

Huminga ng malalim si San Goku, "Ano bang naisip mo at ginawa mong alaga 'yang biik na 'yan?"

"Wag mo siyang tawaging biik. May pangalan siya. Ang pangalan niya ay Majinbu!" sabi ko "Majinbu, say hi-ness to San Goku. Dapat friends kayo kasi magkasama kayo sa Dragon Balls." saka ako may naisip na itanong "Ay, San Goku, may tanong pala ako."

"Kung katangahang tanong 'yan 'wag mo na ituloy." sagot niya saka sumubo ng kanin. "At, 'wag mo akong tawaging San Goku."

"Never akong nagtanong ng katangahan." saad ko "Naisip ko lang kung bakit Dragon Balls ang title 'nung palabas nila San Goku 'e hindi naman pinapakita 'yung balls nung Dragon. Niloloko lang 'nung palabas 'yung mga nanonood, 'no?"

Napatigil sa pagkain si San Goku at napatingin sa akin ng seryoso, "Nasaan ang utak

mo?"

"Eh? Nandito." pagtuturo ko sa ulo ko "Nasa ulo ko."

"Wrong. Wala kang utak. Bobo ka kasi." nag punas ng bibig si Elton saka tumayo. Na-disappointness ako. Naka-short kasi siya. Akala ko boxer lang suot niya. Amp!

"Oy! Saan ka pupunta? Tapos kana agad kumain?" pag pigil ko sa kanya.

"Nakakawalang gana kumain na may kaharap na bobo." sabi niya "Anyway, 'di ba gusto mo mag trabaho? Ipapasok kita sa kompanya tulad ng sabi ni Lolo."

"Talaga?" hindi ko makapaniwalang sagot.

"Oo. Kaya bukas mag-ayos ka. Isasama kita sa kompanya."

"Sige! Isusuot ko ang pinakamaganda kong damit."

"Don't bother. Kahit mag suot ka ng magandang damit, it does not change the fact na promdi girl ka pa rin." huli niyang sinabi saka nag walk-out na.

Hindi ko na pinansin 'yung sinabi niya kasi abala na ang isipan ko sa ideyang magkaka-work na ako bukas at hindi nalang puro pakikipag-plastikan ang gagawin ko araw-araw!

"Narinig mo 'yun, Majinbu? Magkaka-work na ako!" tuwang-tuwa na sabi ko kay Majinbu "Dahil diyan mag se-celebrate tayo. Magpapakatay ako ng biik! Ipapakatay kita! Ate Betty pakikatay 'tong si Majinbu at gusto kong kumain ng adobo dahil mag work na ako bukas!!"

"OINK! OINK!"

Tinignan ko si Majinbu saka napatawa, "Joke lang. 'To naman 'di na mabiro. Hindi kita gagawing adobo. Gagawin lang kitang bacon!" pananakot ko sa kanya saka na ako kumain ng mag-isa.

-

Gabi na pero hindi pa rin ako makatulog kaya tumambay nalang ako sa may garden habang nilalaro ko si Majinbu. Nilalagyan ko siya ng tali sa leeg saka siya binibigti. Kapag 'di na siya makahinga mas lalo ko pang hihigpitan ang pagsakal sa kanya. Chos lang. Nakapatong siya sa lamesa at tahimik lang na nakatingin sa akin. Kinukwento ko sa kanya mga epic failness na momentness naming dalawa ni Lolo noong nabubuhay pa ito.

Hindi ko maiwasang hindi malungkot dahil biglaan kong namiss si lolo ko. Nakaka-miss 'yung sa tuwing pinapagalitan niya ako nilulublob ko sa inidoro 'yung toothbrush niya. O, kaya naman nilalagyan ko ng kuto saka lisa 'yung kape niya. Minsan naman nilalagyan ko ng surot ang mga shorts ni Lolo. Haha. Jokeness lang. 'Di ko 'yun ginagawa kay Lolo.

Ang tangi ko lang ginagawa kapag natutulog siya, dinadaganan ko lang ng unan ang ulo niya hanggang sa 'di na siya makahinga.

Patuloy lang ako sa pag ku-kwento kay Majinbu nang biglang may tumawag sa pangalan ko. Pag tingin ko sa gilid ko nakita ko si Klode na nakatayo 'dun at mukhang kabado. Mukhang may importanteng mahala siyang sasabihin sa akin ngayon. Aaminin ba siya sa akin na badinggersi siya? O aaminin niya sa akin na panty ang sinusuot niya instead na brief?

"Bakit?" pagtatanong ko sa kanya.

"Can we talk?" pag e-english niya.

Amputs! Gabing-gabi na english pa rin ang tanong. Minsan na nga lang ako kausapin in english pa. Okay, kalma, Althea Josefa. Best in English ka noong elementary kaya kayang-kaya mo 'yan sagutin.

"I'm fine." english kong sagot sa english niyang tanong. "How about you? Can we talk?"

Bigla siyang napangiti ng matipid, "I'm fine rin," sagot niya "Pero pwede ba tayong mag-usap?"

"Sureness, kailan ba tayo mag-uusap?"

"Ngayon na sana."

"Ay! Agad-agad pala. Sige usap na tayo. Upo ka rito. H'wag kang mahiya sa akin. Pag-aari niyo 'yan." tumingin ako kay Majinbu. "Oink! Oink! Oink!" pagkausap ko rito in biik language. Ang sabi ko "Behave ka lang diyan, Majinbu. Mag girl talk lang kami ni Klode. Echos!"

Nanatili kaming tahimik ni Klode panandalian. Parang kinakabahan talaga siya. Pansin na pansin ko iyun sa bading niyang mga kamay dahil nanginginig ito.

"Teka, 'wag ka kabahan. Kinakabahan din tuloy ako. Alam mo namang bukod sa plastik akong tao 'e gaya-gaya rin ako." pagsasalita ko kaya napangiti si Klode "So, ano pag-uusapan natin?"

Napalunok si Klode, "About sa nakita mo kanina." napatahimik ako "And, yes, I am gay."

"Alam ko na 'yun," sagot ko.

"Talaga?" hindi niya makapaniwalang sagot.

"Uhm, 'di naman sa alam na talaga. Ramdam ko lang." ngumiti ako "Noong una kasi kitang nakita ang lambot-lambot mo kumilos. Ibang-iba sa kilos brusko ni Klyde. Tapos bigla rin kumalembang ang gay radar ko na parang 'Alert! Alert! Bading to! Alert! Alert!' ganon!"

"Do you hate gays?" seryoso niyang tanong.

"Nyeta. English na naman ang tanong," bulong ko sa sarili ko "Uhm, ano, I don't, uhm. . ano," napapaisip ako sa sagot ko "I'm from the Philippines. Hehe."

Muling napatawa si Klode, "I mean, galit ka ba sa bading?"

"NGEK?" napalakas ang sagot ko "Ba't naman ako magagalit sa bading? 'E may mga friends kaya akong bading sa probinsya namin. Kahit snob ako sa personal saka plastic pa may friends din ako. 'Yung ilan sa kanila ay bading."

Napatango-tango siya, "Buti ka pa. Si Klyde kasi galit sa bading. Though, not technically sa bading. Sa akin lang siguro." nalungkot ang mukha niya "Galit siya sa akin kasi ang kakambal niya ay bading. Nakakadiri raw ako at nakakasuka. Pero kahit ganun nalang niya ako kung kutyain 'di ko kayang magalit sa kanya. Kakambal ko kasi siya, e. Siya ang pinakamamahal ko sa lahat ng kapatid ko."

Nakikinig lang ako sa mga sinasabi ni Klode. Hindi niya kailangan ng ka-plastikan ngayon. Ang kailangan niya ay isang taong plastic na makikinig sa mga sasabihin niya para mailabas niya ang nararamdaman niya.

"Alam mo bang noong mga bata pa kaming dalawa close na close kaming dalawa?"

"Hindi ko alam. Nasa probinsya kasi ako nun, e." sagot ko.

Natawa na naman si gaga, "Close na close kaming dalawa to the point na kung nasaan ako andun siya. Kung saan ako pumunta nakasunod siya. Hindi na kami mapaghiwalay dalawa. Minsan nga kapag may sakit ako nagkakasakit din siya. Hindi siya nakakatulog kapag 'di ako katabi." malungkot niyang pag ku-kwento "Pero nang lumalaki na kami at na-discover ko kung ano talaga ang kasarian ko. 'Dun na siya unti-unting nagalit sa akin."

Nakita kong nagtubig na ang mga mata ni Klode.

Nagpatuloy siya, "Nakita niya akong sinusubukan 'yung lipstick ni Mommy. Akala niya naglalaro lang ako pero umamin ako sa kanya. Sabi ko I'm gay. Sinuntok niya ako 'nun at hindi kinausap ng ilang araw. Hanggang sa mamalayan ko nalang na malaki na kaming dalawa at 'yung bonding naming bilang kambal bigla ng nawala." nagpunas ng luha si Klode "Kung kaya ko lang gawing lalaki ang sarili ko gagawin ko. Kung kaya ko lang baguhin kung ano ako matagal ko ng ginawa. Ang sakit lang sa pakiramdam na 'yung kakambal mo pa ang unang magsasabi sa'yo ng mga panlalait na sa ibang tao mo sana maririnig. Pero. . Pero kahit galit sa akin si Klyde 'di ko kayang magalit sa kanya. Mahal ko kasi kakambal ko, e."

"Bukod kay Klyde, sino pa ang ibang nakakaalam ng pagkatao mo?" naaawa kong tanong sa kanya.

"Si Mommy saka Kuya Erwin." napahinto siya pero hindi nawawala ang lungkot sa mukha niya "Pero parehas na silang wala kaya wala na akong napaglalabasan ng totoong ako. Ang hirap dahil para akong nakakulong. Hindi pwedeng magpapakatotoo kasi pandidirihan lang ako. Society is really hypocrites. They wanted us to be true to ourselves but when we did, they will judge us." Napa-english na naman si ate ko. Kaloka. "Kaya sana Althea, kung anong na-discover mo about sa akin, please, 'wag mong ipagsasabi sa iba."

Tumayo ako saka yinakap si Klode. Finally! Nayakap ko na rin siya na hindi man lang ako naliligaw. Achievement unlocked. Magpapa-party ako later. Ipapakatay ko na si Majinbu.

"Wala ako sa posisyon para sabihin sa iba kung ano ka ba talaga. At, isa pa, walang mali sa kung ano ka. Alam mo kung anong mali?" pagtatanong ko.

"Ano?"

"Yung title ng Dragon Balls. Hindi talaga dapat Dragon Balls 'yun, 'e. Kainis."

Napatawa si Klode, "'E, ano ba dapat?"

"Dapat San Goku's Balls. Tas ipapakita ni San Goku 'yung Balls niya. Gusto mo 'yun?"

"Adik ka, Althea. Hahaha."

"Plastic lang akong tao pero 'di ako adik."

Nagtawanan kaming dalawa.

Nag kwentuhan lang kaming dalawa ni Klode. Girls' bonding ba. Kung anu-anong kaplastikan ang sinabi at kinuwento ko sa kanya at tuwang-tuwasiya. Nalaman ko rin na Cosplayer pala siya. 'Yung gumagaya ng mga costumes ng mga anime characters.

Sabi ko nga sa kanya minsan i-cosplayer niya rin ang balls ni San Goku, e. Tawa siya ng tawa at susubukan niya raw.

Nagpaalam na si Klode sa akin na papasok na sa mansion nang medyo lumamig na ang hangin sa garden. Bago pa siya umalis ibinigay ko 'yung suman na nasa bulsa ko. Sabi ko masarap 'yun dahil ako mismo ang gumawa 'nun.

Nang umalis na siya saka ko lang na-reazliedness na hindi nga pala suman ang laman 'nun kundi dumi ni majinbu. Hahabulin ko sana siya kaso nawala na siya sa paningin ko. Baka maligaw na naman ako sa loob ng mansion. Hayaan na nga. Hindi naman siguro kakainin ni Klode 'yun, 'no? Kasi kapag kinain niya shunga siyang bading siya. Echos.

Pumasok na ako sa loob ng mansion nang nakaramdam na ako ng antok. Si Majinbu tulog na sa bisig ko. Itong biik na 'to. Ginagawa akong baby-sitter niya. Kapag ako nainis papagawa ko siyang tokwa't baboy kay Ate Betty bukas, e.

Nasa may hallway na ako papunta sa sarili KONG k'warto nang may makita akong gwapong nilalang na nakatayo sa may harapan ng k'warto KO. Naka-boxer lang siya na puti na hapit sa buong katawan niya. Wala siyang suot na pang-itaas. Ang sama-sama na naman ng titig ni San Goku sa akin. Ba't ba ang sama makatitig ng timawa na 'to? Ano bang problema niya sa snob at plastic na kagaya ko.

"Excuse me po. Dadaan sa pintuan ang snob sa personal na si ako." pagsasalita ko. Bubuksan ko na sana ang pintuan pero bigla niyang hinawakan ng mahigpit ang kamay ko. Muntik ko ng mabitawan si Majinbu. "Ouchess! That's hurtness! You knowness?" pag e-english ko. Kapag talaga nasasaktan ako napapa-english ako, e.

"Are you done flirting with my brother?" galit na galit na tanong niya sa akin. 'Yung mga mata niya punong-puno ng hateness na 'di ko alam kung saan niya nakuha. "Tinatanong kita! Tapos ka na ba makipaglandian sa kapatid ko?" napasigaw na ang timawang San Goku.

"Teka, nasasaktan ako. Ano bang pinagsasabi mo?" sigaw ko sa kanya "Hindi ako nakikipaglandian sa kapatid mo. We're just friendsness. What are you sayingness?" muli kong pag-eenglish.

"Tingin mo maniniwala ako sa excuse mong 'yan? Kitang-kita ko na nakikipaglandian ka sa kanya. For fuck's sake. 18 year-old lang ang kapatid ko. Hindi ka marunong makuntento sa akin kaya patid kapatid ko lalandiin mo? My God. Ganyan ba kayong mga babae sa probinsya niyo? May nakuha na ngang pera para lang pakasalan ako tapos lalandiin pa ang kapatid ko? Smart move, e. Iisa-isahin mo ba kaming magkakapatid?" galit na galit niyang sigaw "Hindi pa nga tayo kasal lumalandi ka na!!"

Hindi ko alam kung anong ire-react ko sa mga pinagsasabi ni San Goku. O kung papaano ko maiaalis ang kamay kong ang higpit-higpit niya kung hawakan. Parang mababali na ang buto ko sa braso dahil sa sobra niyang galit sa akin. Hanggang sa naramdaman ko nalang na dahan-dahang bumagsak ang mga luha sa mga mata ko. Hindi dahil sa sakit na pinaparamdam niya sa braso ko kundi sa masasakit niyang salita na ibinato sa akin.

"Shit." Pagmumura niya saka binitawan ang kamay ko. Napatitig siya sa akin saka nag walk-out at iniwan akong mag-isa sa harapan ng pintuan ng k'warto KO.

Bigla akong napaupo sa sahig habang patuloy pa ring tumutulo ang mga luha ko, "Shitness ka rin." sabi ko sa sarili ko. Naramdaman kong dinidilaan ni Majinbu ang braso ko kaya napatingin din ako sa kanya, "Shitness ka rin, Majinbu. Dinamay na kita baka kasi sabihin mo ina-out of place kita, e." sabi ko saka muling umiyak ng umiyak.

==========

Chapter 6

Enjoy reading, students and Nessters! Comment pls! Labyu!

Ang official hashtag ng story ay #ThatPromdiGirl. Kapag mag tu-tweet kayo ng about sa story pls use the hashtag. Thanks! :D

THAT PROMDI GIRL

Written by owwSIC

Chapter 6

Nasaktan talaga ako ng bonga nang dahil sa pinukol na mga masasakit na salita ni San Goku sa akin. Gabi na pero 'di pa rin ako makatulog dahil sa bawat pagpikit ko bigla kong naaalala 'yung mga pag-aakusa niyang bumaon sa kaibuturan ng puso't apdo ko. Ang sakit talaga. Patuloy din tuloy dumadaloy palabas ang mga luha ko mula sa kyot kong mga mata habang yakap-yakap ang larawan ni Lolo Philip sa dibdib ko.

Hindi ko siya maintindihan. Bakit niya nasabing nilalandi ko ang kapatid niya? Ano bang paglalandi sa ginagawa namin kanina sa garden? Samantalang nag-uusap lang

naman kaming dalawa. Girl talk kumbaga. Nilalabas ni Klode sa akin 'yung bakla niyang feelings na 'di niya mailabas kahit kanino. Ano bang mali 'dun? There's no wrongness there. Only rightness, right?

Punyemas na San Goku 'yun. Kasing dumi ng utak niya 'yung pusod ng kapitbahay ko sa probinsya. Lahat nalang ng ginagawa ko kinagagalitan niya.

Gusto ko sanang sabihin kay San Goku na nagkakamali siya sa inaakala niya. Na 'di ko nilalandi si Klode dahil hindi naman kami talo at parehas na uri ng tao ang tinitibok ng mga puso namin. Pero naisip kong kapag sinabi ko 'yun si Klode naman ang maiipit sa sitwasyon. Hindi nga pala alam ng kuya niyang kasingsama ng ugali ni Frieza ng Dragon Balls na, you know, kumekembot siya sa loob ng k'warto niya.

Kaya mas pinili ko nalang na manahimik at tanggapin 'yung mga sinabi niya. Wala, e. 'Yun lang ang kaya kong gawin para mapagtakpan si Klode. Ayos lang sa akin na ako ang mapasama basta ba'y wala ng dadagdag sa iniintindi ni Klode sa mga taong posibleng mandiri at ikahiya siya.

Baka kapag si San Goku nalaman kung ano ba talaga ang kulay ni Klode 'e pati ito mandiri sa kanya. 'E di naloka na ang bading na pagkatao ni Klode, 'di ba?

Itinaas ko ang picture frame ni Lolo ko at itinapat sa mukha ko.

"Lolo, badtrip talaga si San Goku. Ang sakit sa bangs ng mga sinasabi niya sa akin." pagkausap ko rito "Lolo, p'wede bang mag back-out na ako? Ayoko na pakasalan 'yang timawa na 'yan. Uuwe nalang ako sa probinsya natin. 'Dun 'di ako nasasaktan, e. 'Dun ako ang boss. Pero dito sa mansion ng mga falcon nasasaktan lang ako kahit na snob ako sa personal."

Napatitig ako sa larawan ni Lolo Philip. Nakangiti siya dito. 'Yung ngiti niya parang sinasabi na hindi niya ako pinalaki para sumuko sa isang bagay na naumpisahan ko. Na ang mga Marinduque ay malalakas. Mga fighter. Mga plastic at snob sa personal. Mga sundalo na palaging palaban at hindi alam ang salitang pagsuko sa ano mang klase ng gera.

Ughhh. 'Wang ko sa'yo, Lolo.

"Oo na, Lolo. Hindi na ako uuwe. Walang laban na sinusukuan si Althea Josefa Marinduque. Hindi dapat ako nagpapaapi at nagpapaapekto diyan kay San Goku." buo ang loob na pagsasalita ko "Kung nabubwisit sa akin si San Goku mas lalo pa ako gagawa ng mga bagay na ikaiinis niya. Bwahahaha."

"Sige na, Lolo. Matutulog na ako. Pakisabi diyan kila Inay, Itay, at Lola na mahal na mahal ko sila. Love you, Lolo kong apat lang ang ngipin sa itaas at ibaba tapos puro bagang pa." hinalikan ko 'yung larawan ni Lolo ko.

Tumayo na ako saka inilapag sa may karton 'yung larawan. Pag tingin ko sa gilid nakita ko si Majinbu na himbing na himbing ang pagkakatulog. Pangiti-ngiti pa ito

na parang may napapaginipan na sobrang ganda. Pati ba mga biik nananaginip? Napaisip tuloy ako bigla. Baka sa panaginip ni Majinbu kumakain siya ng maraming damo na iba't iba ang flavor. 'Tong si Majinbu may pagka-timawa rin, e.

Nilapitan ko si Majinbu at mahinang tinapik sa tiyan niya.

"Hoy, Majinbu." pagtatawag ko rito. Gumalaw siya saka napatingin sa akin pero hindi naman ako pinansin. Tinalikuran niya ako at muling natulog. "Aba, ang biik na 'to, snob. 'Wag mo kong ini-snob kung ayaw mong pagkagising mo bukas 'e bacon ka na." pananakot ko sa kanya.

Muling gumalaw si Majinbu saka tumingin sa akin. Nginisian ko siya. Pero ang snob na alaga kong biik masama ata ang timpla at ayaw na ayaw ginigising kapag natutulog. Inirapan niya lang din ako. Umayos siya sa pagkakahiga. Iniharap niya sa akin ang pwetan niya na parang sinasabi niya na pwet niya ang kausapin ko. Ang bastos na biik na 'to. Akala mo naman ang kyot ng pwetan niya. Ang baboy kaya tignan.

Tinapik ko pwetan ni Majinbu, "Etong biik na 'to dine-dedma ako. Friendship over na tayo. Goodbye."

Bumalik na ako sa sarili kong kama at humiga. Nag sign of the cross muna ako bago ipinikit ang mga mata't natulog na ng bonggang-bongga. Ang mga snob na tulad ko 'di dapat nagpupuyat kasi baka kapag napuyat kami 'di na kami snob sa personal kinabukasan.

-

Alas nuwebe na ng umaga at kanina pa ako gising pero 'di pa rin ako lumalabas ng k'warto ko. Kahit na kanina pa kumakalam ang sikmura ko tinitiis ko lang dahil ayokong makita si Elton ngayon. Hindi pa ako ready harapin siya dahil baka hindi ko mapigilan ang sarili ko't ihambalos ko si Majinbu sa kanya. Umiiwas lang ako sa possibleness na mangyayari.

Naalala kong sinabi ni Elton kahapon na isasama niya raw ako sa kompanya nila ngayon para bigyan ng trabaho. Napaisip tuloy ako kung tuloy pa ba 'yun since galit na galit ito sa akin kagabi. Siguro naman lipas na ang galit niya, 'di ba? Pero kahit na. Hindi ko siya bati. Hindi ko siya papansinin. Mag sorry muna siya sa akin at sabihin niya na ang ganda ko para mawala ang inis ko sa kanya.

Habang inaaliw ko ang sarili ko para 'di ko maisip na nagugutom na ako bigla akong nakarinig ng katok sa pintuan. Hindi ko ito pinansin pero muling may kumatok ulit.

"Knock! Knock!"

"Who's thereness?" iritado kong sagot.

"Klode 'to." sagot 'nung tao mula sa labas ng pintuan.

"Bading whoness?" bigla akong natawa sa sinabi ko. Sarili kong joke sarili kong tawa. Ako na ang supportiveness sa sarili ko. "Pasok ka, Klode. Akala ko kung sinong bading na ikaw lang pala."

Pumasok si Klode sa loob ng k'warto ko. Naka-pajamapa rin siya at mukhang kakagising lang din. Hindi niya agad ako pinansin dahil bigla niyang inilibot ang tingin niya sa buong k'warto ko. 'Yung tingin niya manghang-mangha sa nakikita niya. 'Yung tingin na parang may lalaking gwapo at sexy na nasa paligid. Chos!

"Wow, Althea. Ang galing mo. Paano mo nalinis ng ganito 'tong bodega?" sabi niya habang patingin-tingin sa bawat sulok. "Grabe, who would have thought na dati 'tong bodega. Sobrang linis ngayon. Pwede ng magsalamin sa kintab ng sahig, 'o." yumuko si Klode at tinignan ang sariling imahe sa makintab kong sahig.

"Hehehe. Plastic lang akong tao pero malinis ako." nahihiya kong sagot habang kumakamot pa sa ulo ko. Ano ba 'to? Bakit biglang kumati ang ulo ko. 'Yung mga childhood friendness ata ni student sa ulo niya nagsilipatan sa ulo ko. Ang itchyness naman ng overness.

Natawa si Klode saka tumingin sa akin, "Palagi mo sinasabing plastic ka which is hindi naman talaga."

"Plastic ako," pag pupumilit ko "Teka, ano palang sadya mo sa akin at napadalaw ka sa malinis kong kwarto? Miss mo agad ako? Straight ka na? Naku, Klode. Bata ka pa. Baka gilitan na ako ng leeg ng Kuya mo kapag nagkatotoo 'yung sinabi niyang nilalandi kita." tawa ako ng tawa pero si Klode nanatiling tahimik.

"About last night, gusto ko lang humingi ng sorry sa mga sinabi ni Kuya Elton sa'yo," nahihiya niyang pagsasalita "Narinig ko 'yung mga sinabi niya sa'yo pero wala akong nagawa. Natakot kasi ako kay Kuya."

"Ano ka ba! Wala 'yun. Mas mabuti ng ganun ang isipin niya kaysa malaman niya kung ano ba talaga ang totoo. Mas mahihirapan ka, 'di ba? Hayaan mo na sa akin 'yun. Saka hindi naman totoo, 'di ba? At least, alam natin pareho na sisterhood tayo." natawa ako "Pero, seryoso, 'teh. Wala 'yun. Naiyak ko na naman lahat kagabi. Wala ng sakit. Kirot nalang. Chos!"

Umupo si Klode sa gilid ng kama habang nasa kabilang side naman ako, "Alam mo, Althea. You're so nice. Akala ko lahat ng promdi masasama ang ugali at palaging may hidden agenda. Kaya noong pinakilala ka ni Fernando sa amin ni Klyde hindi ako matagal nakipag-usap sa'yo. Iniwasan kita." napahinto siya "But, I was wrong. You proved me wrong. Hindi pala lahat ng promdi ganun ang asal. Kasi ikaw ibang-iba, e."

"Ha, teka. Bakit inakala mong lahat ng promdi masasama ang ugali at may hidden agenda? Kapag promdi masama agad ang ugali? Hindi ba pwedeng snob at plastic muna?" nagtataka kong tanong.

Natawa na naman si Klode, "Yun kasi ang kwento sa amin ni Kuya Elton dati kaya hanggang ngayon galit at inis siya sa mga promdi. Akala niya lahat ng galing probinsya 'e mga mukhang pera at may masamang balak sa kanya."

Nagulat ako, "Ha? Bakit, naranasan niya ba 'yun?"

Tumango siya, "Yeah. Noong bata palang si Kuya may yaya siya na galing probinsya. Palaging busy sila Mommy at daddy kaya ito lang ang palagi niyang nakakasama. Palaging kausap. Palaging kalaro. Palaging kadamay sa lahat ng oras."

"Palaging kausap at palaging kalaro? Nasaan si Erwin 'nun?"

"Hindi close si Kuya Erwin at Kuya Elton. Malayo ang loob ni Kuya Elton kay Kuya Erwin, e."

"Bakit naman? 'E 'di ba friendliness si Erwin?"

"Yeah. Pero kasi noong mga bata palang sila palagi silang pinagkukumpara. Palaging lamang si Kuya Erwin. Kaunting galaw lang ni Kuya Erwin agad ng pupurihin ng mga tao sa paligid. Agad ng ipi-praise sa bawat ginagawa niya. "Si Erwin ang galing sa ganito at sa ganyan." Something like that. Habang si Kuya Elton naman palaging nakakatanggap ng "Gayahin mo dapat si Erwin. Galingan mo pa. Husayan mo pa. Hindi ganyan. Gayahin mo dapat si Erwin sa ganito. Mas magaling si Erwin sa'yo. Elton, ano ba? Sundan mo si Erwin." Buong buhay niya palagi siyang kinukumpara kay Kuya Erwin."

"Aww. Shet. Ang sakit." bigla akong napahawak sa sarili kong dibdib dahil sa nalaman ko. Parang kumirot ang sarili kong puso para sa batang imahe ni San Goku noon na palaging kinukumpara sa mas magaling na kapatid.

Nagpatuloy si Klode, "Because of that naging detached na si Kuya Elton sa mga tao sa paligid niya. Nahirapan na siyang makisama kahit kanino. He was so lonely. Pero hindi siya tumigil. Lahat ng ginagawa niya para i-pleased ang tao sa paligid niya. Pero kahit ganun ang kagalingan pa rin ni Kuya Erwin ang nakikita." Bumuntong hininga si Klode "Tapos 'nung nagkaroon siya ng yaya first time niya ulit mag open up sa mga tao. First time niya ulit nagtiwala. Naging masayahin si Kuya. Pero hindi iyun nagtagal. Kinuha lang pala ang loob ni Kuya 'nung dati niyang yaya saka siya kinidnap. Nanghingi siya ng pera para sa kaligtasan ni Kuya Elton."

Nanatili lang akong nakikinig kay Klode. Pinipigilan kong 'wag tumulo ang mga luha ko.

"Kuya Elton was so hurt back then. Physically and mentally. Kung sino pa 'yung pinagkatiwalaan niya ito pa mismo ang makakasakit sa kanya ng lubusan. He was so young to experienced it. Kaya noong naibalik siya naging tahimik na naman siya. Wala ng pakialam sa mundo. Itinatak niya sa isipin niya na lahat ng promdi mga mukhang pera at sasaktan lang siya." tumingin sa akin si Klode "Kaya ganun siya

kagalit sa'yo. He thought na peperahan mo lang siya at sasaktan."

"Hindi ko naman gagawin 'yun. Wala naman akong pakialam sa pera."

"I know. Sana lang alam ni Kuya 'yan. Pero sarado ang isip niya, e." sagot ni Klode "Saka, kahit ganyan ka-cold si Kuya sa mga tao sa paligid niya, mapagmahal 'yan. Thoughtful. Hindi niya lang alam kung sa papaanong paraan niya ipapakita because he's still scared. Naiisip niya na kapag pinakita niyang mahal niya ang isang tao muli siyang masasaktan. Saka alam mo ba 'nung namatay sila Mom and Dad?"

"Oo. Na-kwento sa akin ni student na 'di raw umiyak si San Goku."

Nakakunot ang noo ni Klode, "Sinong San Goku ba at student 'yan?"

"Si San Goku si Kuya mo. Mukhang Super sayans dahil sa kulay ng buhok, e." natawa si Klode "Si student naman 'yung isang katulong na kasing-edad ko. 'Yung palagi kong pina-plastik?"

"Ah, si Nicca." ngumiti si Klode "Hindi totoong hindi umiyak si Kuya 'nun. Ayaw niya lang ipakita ang weakness niya pero umiyak siya. Umiyak siya mag-isa sa k'warto 'nun. He cried really hard. Sinisisi niya ang sarili niya."

"Sinisisi saan?"

"Sinisisi sa nangyari sa magulang namin, kay Kuya Erwin, at Chris."

"Bakit naman? Si Elton ba ang barkong lumubog?"

Umiling si Klode, "Hindi. Siya kasi dapat ang kasama nila Mommy 'nun instead of Kuya Erwin. Naisip niya siguro na kung siya ang kasama magbabago ang takbo ng lahat. Na hindi maaaksidente sila mommy at hindi matutuloy ang trahedya." saad ni Klode "Feeling niya siya talaga ang may kasalanan. Hindi niya naisip na kapag mangyayari ang isang bagay mangyayari talaga."

Ewan ko ba pero bigla nalang tumulo ang mga luha ko nang 'di ko inaasahan. Naawa ako para kay Elton. Parang nang dahil sa lahat ng nalaman ko tungkol sa kanya agad nawala ang galit at inis ko kay San Goku. Lahat pala ng ginagawa niya at ipinapakita may dahilan. May rason. Kaya hindi ko rin siya masisi kung bakit tingin niya sa akin ay mukhang pera.

"Uy! Bakit ka umiiyak?" gulat na tanong ni Klode.

"Na-carried awayness lang ako sa mga kwento mo. Ang sarap mo tuloy sabunutan." tawa ng tawa si Klode sa sinabi ko. "I'm seriousness. Don't laughness kaya."

Nag kwentuhan lang kami ni Klode habang nagpapalipas ng sandali. Tinanong niya ako kung ano raw naisip ko at ginawa kong alaga 'tong biik na si Majinbu. Sabi ko 'wag siyang mangialam kasi 'di ko naman siya pinakialam nang mapagdesisyonan niyang maging bading, e. Sabi ko rin na naawa kasi ako kay Majinbu dahil iluluto ni Ate Betty kaya kinuha ko siya. Ang bait ko raw. Ang sagot ko hindi ako mabait dahil plastic akong tao. Nilaro-laro ni Klode si Majinbu na parang bata.

Nag-aya si Klode na sabay na raw kaming mag agahan kaya sabay na kami lumabas ng k'warto ko. Siya ang may bitbit kay Majinbu at ang hinayufak na Majinbu giliw na giliw kay Klode. Ang kabayo at biik nagkasundo. Charot. Pangiti-ngiti pa 'tong si Majinbu kay Klode na parang kinalimutan na niyang ako ang nag-aalaga sa kanya at hindi 'tong si Klode. Nakakailan kana sa akin Majinbu, ah. Isang-isa nalang talaga at gagawin na kitang tocino.

Habang naglalakad kami papunta sa kusina ng mansion biglang nagtanong si Klode sa akin.

"Bakit pala ganun 'yung amoy 'nung suman na binigay mo. Expired na ba 'yun? Ang baho kasi, e." nagtataka niyang tanong.

Bigla akong nanigas habang naglalakad kami. Pinagpawisan ako ng malagkit.

"Kinain mo ba?" kinakabahan kong tanong.

Umiling siya, "Hindi. Amoy tae kasi, e."

"Goodness!" napabuntong hininga ako.

"Pero kinagatan ko ng isa lang saka ko itinapon. Lasang tae rin. Expired na suman ata 'yun."

Lalo akong pinagpawisan, "Ah, ano. . . Oo, expired na ata 'yun. Hehehe."

'Yan nalang ang tangi kong nasabi. Ayokong sabihin na talagang literal na tae 'yun ni Majinbu at baka si Klode na ang magluto at gumawa ng bacon at tocino gamit ang laman ni Majinbu.

Nagpahanda na si Klode ng pagkain namin nang makarating kami sa mahabang lamesa. Kakaupo palang namin agad na kaming nakarinig ng sigawan. Napatayo kaming dalawa at napasulyap sa may hagdanan kung saan galing ang sigawan.

"Explain this, Klyde! What the fuck is this?" galit na galit na sigaw ni Elton 'dun kay Klyde habang pababa ng hagdanan. May hawak na papel si San Goku. Mukhang papasok na ng kompanya si San Goku dahil nakaayos na siya pero papagalitan niya muna si Klyde.

"Wala akong kailangan i-explain sa'yo, Kuya." walang ganang sagot naman ni Klyde. Nakapang-alis na damit ito at mukhang aalis ngayon.

"Saan ka pupunta? Mag-uusap tayo!! I'm your brother! Respect the fuck me!" sumigaw na naman ang San Goku habang hinahabol si Klyde.

"Anong nangyayari?" bulong ko kay Klode na nasa gilid ko lang.

"Dumating na ata ang report ng school kay Kuya. Bagsak lahat ng grades ni Klyde. Hindi kasi pumapasok." sagot naman ni Klode "Palagi kong pinagsasabihan si Klyde at pinagtatakpan sa school niya. Pumupunta ako sa classroom niya para kausapin mga professors niya pero wala, e. Siya pa ang nagagalit sa akin." napatango-tango ako.

"Ano ba, Klyde? Hindi ka aalis! Mag-uusap tayo! Explain this. Anong nangyayare sa'yo?" halatang nagpipigil na ng galit si Elton sa kapatid niya. Napahinto silang dalawa sa sala.

Hinarap siya ni Klyde, "Hindi ako pumapasok. Okay na?" bored na sagot nito kay Elton.

"And why?" napayukom na ng kamao si Elton.

"Ano bang pakialam mo Kuya? 'Di ba wala ka namang pakialam sa amin? Ba't ngayon ganyan mga tanong mo?" walang galang na sagot naman ni Elton. "Stop imitating Kuya Erwin. Isa lang siya sa mundo at kahit anong gawin mo hindi mo siya magagaya."

Alam ko na kung saan 'to pupunta kaya mabilis akong naglakad papunta sa gawin ni Klyde at Elton. Susuntukin na sana ni Elton si Klyde pero agad ko itong naagapan. Mabilisan kong hinawakan ang kamao ni Elton. Nagulat siya sa nangyari kaya bigla siyang napatingin sa akin.

"Hehehehe." pagtawa ko kahit kinakabahan ako. Baka ako ang suntukin ni Elton. "Kalma lang. Hehehe."

"Susuntukin mo ako, Kuya? Sasaktan mo ako?" gulat na sabi ni Klyde. "Go ahead. Saktan mo ako. Lalo mong patunayan sa akin na mas magaling si Kuya Erwin kaysa sa'yo. Patunayan mo sa akin na ikaw nalang sana ang namatay at hindi siya!" napasigaw si Klyde.

Napapikit ako at dahan-dahang humarap kay Klyde. Binitawan ko ang kamao ni Elton na hawak-hawak ko saka pumikit. Nagbilang muna ako ng 1 to 5 para ikalma ang sarili ko. Pero punyemas. Hindi ko kaya kumalma. Sasabog na ako sa inis. Pag mulat ko ng mga mata ko agad ng dumikit ang kamao ko sa mukha ni Klyde. Sinuntok ko siya sa mukha. Sa sobrang lakas ng suntok ko bigla siyang napaupo sa kulay puting tiles ng mansion.

May narinig akong nag-aww. Hindi ko alam kung sino. Si San Goku ramdam ko ang

pagkakatitig sa akin na halatang gulat sa nangyari. Si Klyde naman gulat na nakatingin sa akin habang dumudugo ang sarili niyang ilong. Seryoso ko siyang tinignan.

"Gawin mo kung anong gusto mo sa buhay mo. Ayaw mo mag-aral? Go. Magbolakbol ka? Go. Pero sana naiisip mo 'yung hirap ng ibang tao para lang makapag-aral. Alam mo ba sa probinsya namin? Ilang kilometro ang nilalakad ko para lang makarating sa paaralan. Dumadaan pa ako ng ilog at palayan. Madaling araw palang umaalis na ako ng bahay." pag ku-kwento ko kay Klyde. "Pero kung wala ka talagang pakialam sa edukasyon. Sige lang. Pero wala kang karapatan na bastusin ang kuya mo. Dahil kung walang pakialam 'yang kuya mo. Hinding-hindi ka niyan papakialaman."

Napahawak ako sa kamao ko dahil biglang kumirot. Ang tigas pala ng mukha ni Klyde. Nagpatuloy ako sa pagsasalita, "Nakakalungkot lang dahil mayaman nga kayo pero 'di niyo alam kung paano pahalagahan 'yung mga bagay na pinaghihirapan ng iba para lang makuha. Ewan ko sa inyo. Ini-stressness niyo ako."

Napatingin ako kay Elton na kasalukuyan pa ring titig na titig sa akin dahil sa gulat. Inirapan ko siya saka nag flips hair pa. 'Di ba nga snob ako sa personal. Saka ako nag walk-out pabalik sa kusina. Pati si Klode gulat na nakatingin sa akin. Habang si Majinbu naman nakangiti habang nakatingin kay Klode. Bwisit na Majinbu 'to. 'Di man lang natuwa sa speechness ko.

==========

Chapter 7

Hello. May tanong si Althea. Taga saan daw ang mga students niya? XD

Enjoy reading! Comment and vote. Thanks! :)

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 7

Ako 'yung tipo ng tao na marunong magpahalaga sa kung anong meron ako. Lumaki kasi ako sa pamilyang hirap at hikaos sa buhay. 'Yung mga nakukuha kong bagay may limitasyon at may hangganan. Hindi kami nakakakuha ng sobra. Sapat lang sa pangangailangan namin at kadalasan kulang pa. Pero kahit kailan hindi kami nalungkot. Marunong pa rin kaming magpasalamat sa kung anong biyayang natatanggap naming dalawa ni Lolo Philip ko.

Isa sa katangiang nagustuhan ko sa lolo kong may apat na ngipin na puro bagang pa ay 'yung tinuruan niya akong magpahalaga sa mga bagay na nakukuha ko. Ipinamulat niya agad sa akin na dapat ako'y marunong mag-appreciate sa maliit na bagay o malaki man na dumadating sa buhay ko. Palagi niyang sinasabi sa akin noon na "Apo kong pretty, dapat mong pahalagahan 'yan dahil may mga tao sa mundo na wala ang bagay na meron ka."

'Yun ang mga katagang kinalakihan ko. Kaya siguro hindi ko na napigilan ang sarili ko kanina at nasapak ko ng straightness sa kanyang mukha si Klyde. Tumaas kasi ang alta-presyon ko. Na-high blood ako ng bongga. Naiinis talaga ako sa mga taong 'di marunong magpahalaga sa mga bagay na meron sila ganung ang daming tao sa mundo na nagpapakahirap makapag-aral lang at makapagtapos ng edukasyon na gusto nilang makuha.

Kaya hanggang ngayon ang hurtness pa rin ng kamao ko kahit ilang oras na ang lumilipas simula nang makasuntok ako ng taong matigas ang bungo. Damn-ness! Ang sakit talaga.

"Kumusta na kamao mo?" tanong sa akin ni Klode.

Nasa may garden na naman kaming dalawa at nagpapahinga habang si Majinbu naman ay nakatuntong sa lamesa't titig na titig kay Klode. Lechugas na biik 'to. Magmula ng makita niya kaninang umaga si Klode parang hindi na niya ako kilala. 'Yung mga baboy niyang mga mata palaging nakatuon sa mukha ni Klode. Bading din ata 'tong si Majinbu, e. Ay—wait. Hindi ko pala alam ang kasarian ni Majinbu.

"Masakit," sagot ko habang hinihimas ang sarili kong kamao "Ang sakit pa rin hanggang ngayon. Grabe, ang tigas pala ng mukha ng kakambal mo."

Natawa si bading, "Hindi ko talaga inaasahan na bigla kang eeksena 'dun. Pero mas hindi ko inaasahan na susuntukin mo si Klyde," napahagikgik siya "But anyway, he deserves it. Sometimes people need to be hurt so he can realize the things he took

for granted."

Napa-english na naman ang bading! My Goodness!

"Nainis lang kasi talaga ako kaya ko siya sinuntok."

"Halata naman, e." ngumiti siya "Pero totoo ba 'yun? 'Yung ilang kilometro ang nilalakad mo makapasok lang ng school? Tapos dumadaan ka pa sa ilog at palayan?"

"Aba'y oo! Plastic akong tao pero palagi akong nagsasabi ng totoo. Naniniwala kasi ako sa kasabihang "Honesty is good but we need cash.""

"Honesty is the best policy 'yun, 'teh." humagikgik na naman ang loka.

"Ganun na rin 'yun, 'noh. Baklang 'to ang hilig mang-correctness. Akala mo naman kinaganda niya," napasimangot ako saka nagpatuloy "Tuwing papasok ako noon madaling araw palang aalis na ako ng bahay. Liblib pa sa lugar namin kaya palagi akong may baon na flashlight. 'Yung ilog pa na dinadaanan ko kapag umuulan tumataas ang tubig. Kaya tuwing may bagyo umiiyak na ako."

"Kasi natatakot ka sa kidlat at kulog?"

Umiling ako, "Hindi, gaga." sambit ko "Umiiyak ako kasi 'di na naman ako makakapasok kasi nga mataas 'yung tubig sa ilog at hindi madadaanan. Minsan nga kahit binilinan ako ni Lolo ko na 'wag na pumasok, pumasok pa rin ako, e."

"What?" nagulat si Klode "'Edi muntikan kang malunod sa ilog?"

Muli akong umiling, "Hindi. Plastic ako paano ako malulunod? Lumutang ako!" pagmamalaki ko "Pero sa awa ng diyos nakapagtapos pa ako hanggang highschool."

"Hindi ka na nag college?" muli niyang tanong.

"Hindi na. Nasa kabilang isla pa, e. Sampung kilometrong lakbayan sa tubig dagat ang mangyayari." pagsagot ko "Pero wala naman kaso sa akin 'yun. Kahit ilang daang kilometro pa ang layo ayos lang sa akin basta ba'y makapag-aral lang. Kaso hindi pa rin pwede, e. Wala kasi kaming pera ni Lolo. Hindi na niya kakayanin ang pagpapaaral sa akin hanggang kolehiyo. Kaya noong nakatapos na ako ng highschool tumulong nalang ako kay Lolo sa pagbebenta ng isda sa palengke. Ayos naman 'dun. Nakakaplastikan ko pa 'yung mga taong bumibili." pag ku-kwento ko.

Napatitig sa akin ng ilang sandali si Klode bago siya nag react. Ngumiti siya na para bang may isang nakakatuwang bagay siyang narinig mula sa akin.

"You know what, Althea? You are pretty cool." sambit ni Klode habang may ngiting

nakaukit sa labi niya.

"Ang pretty ko saka ang cool pa? Alam ko na 'yan." proudness kong sagot na siyang kinatawa ni Klode.

Nanahimik kaming dalawa ni Klode nang wala na kaming mapagkwentuhang dalawa. Pinagmasdan ko lang siya habang nilalaro niya si Majinbu. Ang malanding biik naman todo 'Oink! Oink!' kay Klode. Parang ang sarap tuloy kumain ng BBQ mamayang gabi gamit ang laman at taba ng batang biik. Ano kaya?

Habang nakatingin ako kay Klode bigla akong may naisip. Kung titignan mo si Klode hindi mo aakalaing bading siya. Malamya at mahinhin lang siya kumilos pero 'yung boses niya lalaking-lalaki pa rin. Palangiti rin siya. Alive na alive ang awra niya. Hindi pa rin talaga ako convince na bading nga siya. Baka adik lang 'tong tao na 'to.

"Klode," pagtatawag ko sa kanya. Napatingin siya sa akin at hinihintay ang sasabihin ko "Paano mo nasabing bakla ka? Mas gusto mo ba ang lalaki kaysa sa babae?"

Natawa na naman ang impaktita, "To be honest, hindi. Wala akong nagugustuhan na lalaki. Pero wala rin akong nagugustuhan na babae."

"'E paano mo nasabing bakla ka?" taas kilay kong tanong.

"Ewan. Mahirap i-explain. Basta ramdam kong ganito ako." matipid niyang sagot.

"Alam mo ba meaning ng bakla?"

Umiling siya, "Hindi, e. Meron ba meaning 'yun?"

"Itatanong ko ba kung wala?" sagot ko "Meron kaya. Nabasa ko 'yun sa libro ni Ricky Lee noon, e. 'Yung Si Amapola sa 65 na Kabanata. Ang meaning ng bakla ayun sa librong 'yun ay 'bahagi ka ng lahat."

"Naks! Ang galing, ah. Nagbabasa ka pala ng libro?"

"Of courness! English ang paborito ko." pagmamalaki ko "Pero sa palagay ko talaga hindi ka bakla. Baka bored ka lang kaya tingin mo sa sarili mo ay bakla ka." sabi ko "Parang ako. Kapag bored ako, tingin ko sa sarili ko, ako si Kathryn Bernardo. Pero kapag 'di naman ako bored naiisip ko na mali pala ako dahil kamukha ko lang pala siya. Gets mo?"

Natawa na naman ang hindot na bayot, "Paano mo naman nasabing 'di ako bakla?"

"Basta. Hindi ko masabi, e."

"Naman 'to. Ano nga? Ano nalang sa tingin mo kung bakit 'di ako bakla?"

"Hindi ko matingnan." sagot ko naman.

"Fine! Ano nalang sa palagay mo?"

"Hindi ako mapalagay." umayos ako ng pagkakaupo.

"Ugh!" mukhang nainis na si Klode "Althea, may nakapagsabi nab a sa'yong nakakabobo ka kausap?"

"Meron na," mabilis kong sagot "Ang kuya mong si San Goku."

"Tama nga si Kuya." bumulong siya kaya 'di ko narinig.

"May sinasabi ka ba?"

Umiling si Klode saka napatawa. Happiness overload ang bayot, ah.

Lumipas ang ilang minuto at nagpaalam na si Klode na mag-aayos na raw siya para pumasok. May afternoon class daw kasi siya. Sabi niya sa akin isang araw isasama niya raw ako sa school niya. Kaya naman natuwa ako at na-exciteness ng bongga dahil 'dun. Idadagdag ko na sa listahan ng mga pina-plastik ko 'tong si Klode.

Nang mawala na si Klode itinuon ko na ang pansin ko kay Majinbu na malungkot. Nakaupo lang siya sa lamesa at nakasimangot. Ang biik na 'to emotera. Mukhang nalulungkot siya dahil umalis na ang kabayo. Chos!

"Ano? Wala na 'yung crush mo, 'no? Wala ka ng ibang friend!" pangangasar ko kay Majinbu.

Ang emoterang biik tinalikuran lang ako. Ihinarap niya ang pwetan niya sa akin. Bastusin na baboy 'to!

"'Wag mo kong dedmahin, Majinbu. Baka 'yang pwetan mo gawin kong BBQ!" tinapik ko ang pwetan niya. Muli niya akong inirapan "Ano? Lalaban ka? Tara, suntukan!"

Tawa lang ako ng tawa habang pinagtitripan ang alaga kong biik. Napatigil nalang ako nang maaninag ko si San Goku na naglalakad papunta sa gawi ko. Ang seryoso ng mukha niya. Mukhang umuwi lang siya para kunin 'yung mga papeles na hawak niya. Anong kailangan nito sa akin. Siguro magpapasalamat siya sa akin dahil pinangaralan ko ang kapatid niyang may matigas na bungo kanina.

Oh, commonness, San Goku. Lumuhod ka sa harapan ko para magbigay ng galang. 'Wag ka mahiya.

Tumigil si San Goku sa gilid ko kaya napangiti ako.

"You shouldn't done that earlier." seryoso niyang pagsasalita.

Napatigil ako sa pag ngiti. Parang hindi naman siya nagpapasalamat kasi wala namang thank you sa english niya. Ba't kasi ang hilig mag-english ng San Goku na 'to? Hindi naman nakakagwapo ang pag-e-english. Nakakadugo lang kaya ng utak at ilong.

"Ha?"

"Sana hindi ka nalang nangialam. Sana hinayaan mo nalang ako na nakipag-usap sa kapatid ko. You don't have the rights to hit him." sunod-sunod niyang pagsasalita "Hindi porket ipapakasal ka ng Lolo ko sa akin 'e mangingialam ka na sa problemang pamilya. Tandaan mo, hindi kita papakasalan kaya hindi ka magiging bahagi ng pamilyang 'to. Stop thinking using your twisted mind that you gonna be a part of this family. Know your place. Sooner or later aalis ka rin sa mansion na 'to."

Parang may bumarang kung anong bagay sa lalamunan ko kaya hindi ako nakasagot sa sinabi ni Elton. Todo kirot ang puso ko nang dahil 'dun. Agad nag tubig ang mga mata ko kaya napatingala ako ng ilang segundo para patigilan ito sa pagpatak.

"Naiintindihan mo ba 'yung sinabi ko?" muli niyang pagtatanong. Seryoso pa rin siya.

Napatango ako ng dalawang beses, "Oo. Getness ko."

Tinignan niya ako ng ilang segundo saka siya tumalikod at seryosong naglakad palayo sa akin. Habang seryoso siyang naglalakad at pa-cool pa bigla siyang natalisod sa batong nakausli. Hindi niya ata napansin 'yung bato. Muntik na siyang tumumba mabuti nalang maagap siya kaya 'di natuloy ang pagtumba niya. Agad siyang tumingin sa akin at umiwas ako ng tingin para kunwari 'di ko nakita 'yung nangyaring kabobohan moment niya.

Nang makaalis na ang sasakyan ni Elton bigla kong naisip 'yung sinabi niya kanina.

"Hindi porket ipapakasal ka ng Lolo ko sa akin 'e mangingialam ka na sa problemang pamilya. Tandaan mo, hindi kita papakasalan kaya hindi ka magiging bahagi ng pamilyang 'to." mapakla akong napangiti habang inuulit ko 'yung sinabi niya sa akin.

Sa totoo lang hindi ko naman inisip na magiging bahagi ako ng pamilya nila kaya ako nangialam kanina sa awayan nilang mag kuya. Oo, ulila na ako ng lubos. Oo, wala na

akong pamilya sa mundo. Oo, nag-iisa nalang ako. Pero kahit ganun hindi ko inisip na ang pamilya ng Falcon ang bagong magiging pamilya ko kahit na mabait si Lolo Andres sa akin at pati na rin si Klode na bayut.

Nangialam ako kanina dahil nasaktan ako para kay Elton. Nasaktan ako para sa kanya nang sinabi ni Klyde na wala namang pakialam ang Kuya Elton niya sa kanya. Nasaktan ako sa ideyang ganun ang tingin ng kapatid niya sa kanya gayung nahihirapan lang naman siyang ipakita ang pagmamahal niya sa mga kapatid niya at hindi niya alam kung papaano makipag-usap ng maayos.

Nasaktan ako dahil hindi naiintindihan ng kapatid niya 'yung pinapakita niyang pagmamahal. Nasasaktan ako dahil lahat ng tao si Erwin ang nakikita at hindi nakikita ang worthness ni Elton. Nasasaktan ako dahil halata namang mahal ni Elton ang pamilyang kinabibilangan niya pero halos lahat si Erwin pa rin ang hinahanap at gustong makita.

Pero bakit ko nga ba kailangang masaktan para sa isang taong ang tingin naman sa akin ay mukhang pera, gold-digger, manggagamit, malandi, at pakielamero? Bakit kailangan kong masaktan para sa isang taong sagad-sagaran ang galit sa akin sa hindi ko maipaliwanag na dahilan?

"Pero bakit ba ako umiiyak?" natatawa kong tanong sa sarili ko habang masaganang tumutulo ang mga luha ko sa sarili kong mga mata "Ano ba, Althea Josefa Marinduque na Top 2 at best in English noon. Bakit ka umiiyak? Wala namang nakakaiyak, e! Stopness nga!" pinapagalitan ko ang sarili ko habang pinapatigil ko ang mga luha ko.

Pero matitigas talaga ang mga luha ko. Ayaw tumigil badtrip. Patuloy lang silang tumutulo kaya pinabayaan ko na. Mukha tuloy akong shunga na umiiyak habang nakaupo sa garden ng mansion.

Tumingala ako at itinuon ang pansin sa kalangitan, "Lolo ko, hindi ako nahihirapan dito. 'Wag kang malungkot diyan sa langit, ah? Rest in peace very well. Si Althea Josefa kaya 'tong apo mo." sabi ko saka ipinakita kay Lolo ko ang ngiti ko. Ayokong mag-alala siya sa akin.

-

Nagkulong lang ako sa sarili kong k'warto nung bandang hapon na. Ang bigat-bigat kasi ng pakiramdam ko at feeling ko sasabog na ang puso ko dahil sa engkwentro namin ni San Goku kanina sa garden. Gusto ko sanang matulog pero hindi naman nakikisama mga kyot kong mga mata. Nakahilata lang ako sa kama ko habang ang biik kong alaga naman ay ang himbing ng tulog sa tabi ko.

May pangiti-ngiti pa nga ang biik habang natutulog. Mukhang nananaginip ang lechugas. Ano naman kaya napapaginipan niya ngayon? Andun ba si Klode? When kabayo meets biik na ba 'to?

"Ma'am!" may narinig akong kumakatok sa pintuan ng k'warto ko. Halatang boses ni

student ko. "Ma'am. Knock knock po!"

"Wala tayong klase ngayon, student. Tinatamad si teacher." pagsagot ko. "Ayoko muna makipag-plastikan ngayon sa'yo. Come backness tomorrowness. Okayness?"

Narinig ko siyang napahagikgik, "Ma'am, papasok na ako, ah."

Hindi pa ako nakaka-oo bumukas na ang pintuan. Pagbungad ni student nakita kong kasama niya si Chris na hanggang ngayon dedmabells pa rin sa akin. Hindi pa rin kasi ako pinapansin ng batang 'yan. Tse.

"Anong atin, student?" umupo ako sa gilid ng kama "Wag ka maingay. Natutulog ang biik. Sssshh."

Tumango-tango naman si student, "Ma'am, tara sama ka. Igagala ko 'tong si Chris sa buong subdivision. Pupunta kami 'dun sa park. May show daw. May mga clown na nag pe-perform. Nood tayo."

"Ayoko manood ng mga clown. Anong tingin mo sa akin? Bata?"

"May mga ice cream at iba't ibang kulay cotton candy na binebenta rin, ma'am."

Agad akong nagsuot ng tsinelas, "Tara na. Ba't ngayon mo lang sinabi?"

Humagikgik na naman si student, "Taralets!"

"Lezz go, student!" masaya kong sagot.

Naglalakad na kaming dalawa sa may subdivision ni student habang hawak-hawak niya si Chris na walang reaction at tuwid lang ang tingin. Pero ako palinga-linga sa buong paligid dahil potek na 'yan ang gaganda pala talaga ng mga bahay dito sa subdivision. Halatang mayayaman ang mga nakatira dahil iba't ibang style ng mga bahay ang nakikita ko. Hindi ata nagpapahuli sa yaman sa Falcon Family ang ibang nakatira rito.

"Mayayaman talaga ang mga nakatira rito, 'no?" tanong ko kay student.

"Opo, ma'am. Mayayaman talaga lahat. Pero sa kanilang lahat ang mga Falcon ang pinakamayaman." nakangiting sagot ni student "Malaki ang subdivision na 'to, ma'am, kaya mahigpit ang security. Pero alam mo ba, ma'am, noong bago pako rito naligaw ako. Hindi ko alam kung papaano makakabalik sa mansion. Nakarating kasi ako 'dun sa dulong-dulo ng subdivision na wala na masyadong tao."

Tumingin ako sa kanya, "Alam mo kung anong tawag sa'yo?"

"Ano, ma'am?"

"Shunga. Bobita." sagot ko "Ang laki-laki mo na naliligaw ka pa? What the smell lang, 'di ba?"

"Hehehe. Sabagay." pag-agree niya.

Ilang lakaran pa ang ginawa namin at nakarating na kami sa may park ng subdivision. Ang laking park nito at ang gaganda ng mga puno sa paligid. Tama nga si student dahil may nag so-show ngang mga clown sa may stage na nasa gitna ng park. Ang daming mga bata ang nanonood kasama ang mga yaya nila. Ang daming rich kids dito, ah. 'Yung mga bata english speaking kung mag-usap. Bago pa ako matuyuan ng dugo nagpaalam muna ako kay student na bibili lang ng cotton candy na kulay purple.

Nasa may bandang likuran ako at hindi muna bumalik kila student na nasa harapan nakaupo. Enjoy na enjoy kasi ako sa pagkain, e. Habang kumakain nakita ko si student na dali-daling naglalakad papunta sa akin na mukhang naiiyak. 'Yung mukha niya takot na takot. Napansin kong hindi niya kasama si Chris kaya bigla na akong kinabahan.

"Ma'am! Ma'am!" naiiyak niyang pagtawag sa akin.

"Ano 'yun? Bakit ka naiiyak?" mabilis kong sagot.

"Si Chris po, ma'am. Nawawala." naaalarma niyang sambit "Si Chris, ma'am, hindi ko makita. Pag tingin ko sa gilid ko wala na siya, ma'am. Hindi ko napansin na umalis siya, ma'am. Ma'am paano 'yan? Malilintikan ako kay sir Elton nito, 'e. Natatakot ako." napaiyak na si student habang nagsasalita.

"Teka, student, kalma ka lang. Tinignan mo na ba sa harapan? Hinahanap mo na ba sa mga nanonood? Baka lumipat lang ng upuan?" pagpapakalma ko sa kanya kahit ako mismo kinakabahan na.

"Wala talaga, ma'am. Tinignan ko na sa lahat ng upuan baka lumipat lang pero wala talaga, e. Namura na nga ako ng ibang yaya dahil natatakpan ko ang pinapanood nila."

"Shet. Kailangan natin hanapin si Chris. Parehas tayong mapapatay ni San Goku nito!" sabi ko sa kanya.

Naghiwalay kaming dalawa ni student sa paghahanap kay Chris at napag-usapan naming pagtapos ng kinse minuto muling babalik sa harapan ng tindahan ng cotton candy. Pero nakalipas na ang ilang minuto hindi pa rin namin nakikita si Chris. Pinuntahan na namin 'yung ibang parte ng park kung saan nakalagay 'yung mga padulasan pero walang Chris kaming nakita.

Napag-desisyunan na namin na umuwi ng mansion para humingi ng tulong. Pati 'yung ibang katulong naalarma na at kinakabahan. Itinawag na ni Ate Betty 'dun sa outpost ng mga security guard na nawawala si Chris para hanapin sa buong subdivision. Pero matatagalan daw ang paghahanap dahil nga malaki ang lugar na 'to.

'Yung ibang katulong tumulong na rin sa paghahanap. Habang kami naman ni student nasa may sala lang. Pinapatahan ko si student dahil kanina pa siya iyak ng iyak. Natatakot daw siya sa sasabihin ni Elton. Siguradong matatanggal daw siya sa trabaho. Papaano na raw 'yung tatay niyang may sakit sa puso. Sino na raw ang susuporta sa mga gamot nito.

"Wag kang mag-aalala. May tinatago namang bait si Elton. Hindi ka papaalisin 'nun."

Tumingin sa akin si student, "Hindi, ma'am. Sigurado akong matatanggal ako. 'Yung dating yaya ni Chris na si Janet natanggal dahil nasugatan lang si Chris. Muntik pang idemanda ni sir Elton. Over-protective si sir Elton sa mga kapatid niya lalo na kay Chris, ma'am."

Napakagat ako ng labi nang dahil sa sinabi niya. Mukhang malilintikan nga si student kay Elton pag dating nito. Speaking of Elton. Pag tingin ko sa may pintuan ng mansion nakita ko na siyang naglalakad ng mabilis papunta sa inuupuan naming dalawa ni student. 'Yung mukha niya galit na galit na parang papatay ng kung sinong humarang sa kanya.

"Putangina. Nasaan na ang kapatid ko?" sumigaw si Elton.

Nanigas ako sa kinauupuan ko nang marinig ko siyang magmura ng tagalog. Ang lutong pa. Talagang galit na galit ang timawang super sayans.

Naramdaman kong napahawak sa braso ko si student. Nanginginig siya sa labis na takot.

"Ano? Sumagot kayo? Putangina naman, e. Ano, Nicca? Nasaan si Chris? Binabayaran ka para bantayan 'yung kapatid ko pero bakit nawawala siya ngayon?" sumigaw na naman si Elton. "Sa oras lang na may mangyaring masama sa kapatid ko magbalot ka na. Lumayas ka sa bahay na 'to at idedemanda kita!"

Nicca pala talaga ang pangalan ni student. Ang chaka.

"Stopness!" pagpapahinto ko kay Elton. Binaling ni Elton ang tingin niya sa akin.

"Ano mangingialam ka na naman?" sermon niya sa akin.

"Hindi si student—este Nicca ang may kasalanan." napatingin si student sa akin kaya ngumiti ako sa kanya "Ako ang may kasalanan kung bakit nawawala si Chris. Kaya 'wag mong pagalitan si Nicca. Ako ang nag-aya sa kanya na lumabas kanina."

Tumalim ang tingin sa akin ni Elton. Napayukom pa siya ng kamao, "Alam mo ikaw?" dinuro niya ako "Dagdag problema ka lang sa mansion na 'to, e. Masyado ka talagang pakielamera. Ganyan ka ba pinalaki ng magulang mo?" galit na galit niyang tanong "Baka naman may kasama ka at kinidnap niyo ang kapatid ko? 'Di ba mukha kang pera? Kasama mo ba mga magulang mo sa modus operandi na 'to? Kapag nasigurado kong kinidnap niyo ang kapatid ko, I swear, ipapakulong ko kayo ng mga magulang mo."

Hindi ko na ma-take 'yung mga pinagsasabi ng walangya kaya mabilis akong tumayo at agad na pinadapo ang kanang palad ko sa pisngi niya. Rinig na rinig 'yung malakas na tunog ng sampal ko sa kanya sa sala ng mansion. Nanggagalaiti ako dahil sa galit. Gusto ko hambalusin ng upuan si San Goku.

Gulat siyang nakatingin sa akin habang nakahawak sa pisngi niyang sinampal ko.

"Matatanggap ko na ako ang insultuhin mo. Tawagin mo na ako ng kung anu-anong mga masasakit na salita. Kakayanin ko. Hindi ako aangal. Hindi kita lalabanan," seryoso kong pagsasalita "Pero kung idadamay mo ang mga magulang ko? 'Yan ang bagay na 'di ko hahayaan. Hindi mo kilala ang mga magulang ko at 'di mo alam kung anong klaseng tao sila kaya wala kang karapatan na pagsalitaan sila ng masama," tinignan ko siya ng seryoso "Wala kang karapatan na idamay ang mga magulang kong patay na bago pa ako magkaisip."

Tumalikod ako saka humakbang at naglakad palabas ng mansion. Hindi ko na naman napigilan na umiyak habang naglalakad. Dakyung San Goku talaga 'to. Pati mga magulang ko ngayon dinamay na.

==========

Chapter 8

Muling may tanong si Althea na bobita. Kung magkakaroon daw kayo ng alagang biik, anong ipapangalan niyo? :D

Enjoy reading! Comment and vote! Thanks! :)

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 8

Hindi naman talaga ako pala-iyak na tao. Bilang na bilang ko lang sa daliri sa mga kamay ko ang ilang beses kong pag-iyak sa tanang buhay ko. Hindi kasi ako iyakin.

Matatag kasi akong babae. Hindi madaling mapaiyak. Para sa akin ang luha ay masyadong importante. Papalabasin mo lamang dapat ito sa dalawang dahilan. Una, kapag sobrang saya mo. At pangalawa, kapag nasasaktan ka na at nahihirapan.

Natatandaan ko pa noong nasa elementarya pa ako. Nakipagsuntukan ako sa apat kong kaklase na puro lalaki. Itinapon kasi nila 'yung baon kong suman na niyog flavor. 'E, gawa 'yun ni Lolo ko. Nag-init talaga ang bumbunan at mga bituka't alak-alakan ko. Ayun, nakatikim sila sa akin. Hindi ng suman kundi ng sapak. Nag rambulan kaming lima sa loob ng classroom. Hawak ko ang dalawang walis-tingting saka ito pinaghahampas sa kanilang apat.

Dedmaness kahit andun ang guro namin basta mapaghiganti ko lang ang nangyari sa kawawa at masarap kong suman. Galit na galit ako sa apat na tulok na 'yun dahil napunta sa wala ang pagod ni lolo ko sa paghahanda ng suman na baon ko sana.

Pero syempre ang ending ako ang talo. Puro pasa ang buong mukha ko. May bukol sa noo at black-eye sa mata. 'Yung apat na bugok naman halos makalbo na dahil sa sabunot na ginawa ko. 'Yung isa pa nga napanot na at nabungal dahil sa suntok ko. Todo atungal silang apat pero ako never akong umiyak. Inirapan ko pa nga sila kasama ang guro ko at naglakad ako pauwe sa bahay na paika-ika habang todo kapit sa palda ko. Kapag kasi 'di ko hinawakan ang palda ko matatanggal ito.

Noong nasa high school naman ako may sinampal akong kaklase kong babae. Pinagtatawanan kasi niya 'yung kaisa-isa kong notebook na binili ni lolo ko. 'Yung sa kanya kasi binili pa sa maynila. 'E 'yung akin isa na nga lang sa palengke pa binili ni lolo. Hindi ko siya pinapansin 'nung ako ang nilalait niya. Mahirap daw ako. Walang magulang. Go. Keri lang sa akin. Kasi truthness naman. Pero 'nung si lolo ko na ang pinintasan niya agad siyang napatigil. Lumanding ba naman sa mukha niya ang kamay ko, e. 'E di naloka si gaga. Nayanig ata ang utak niya sa lakas ng sampal ko. Nagkaroon din ng instant blush-on ang mukha niya. Afterness 'nun na-principal office ako. Dedmaness ulit. Napapairap nalang ako sa kawalan habang sinisermonan ako ng principal.

Wala akong pakialam kahit ilang beses ako ma-principal office. Hanggang dinadamay niyo at pinagsasalitaan niyo ng masama ang lolo ko mananampal talaga ako.

Okay lang sa akin na ako ang pagtawanan. Ako ang saktan. Ako ang pintasan. Pero kapag dinamay niyo sa usapan ang magulang ko at lolo ko, ibang usapan na iyun. Walang sino man ang may karapatang pintasan ang paghihirap ni lolo ko maitaguyod at mapalaki lang ako. Walang sino man sa mundong ito ang may karapatang husgahan ang mga magulang ko. Kapag sila ang idinamay sa usapan, pasensyahan tayo, pero mananakit talaga ako.

Kaya ngayon hindi ko mapigilan ang sarili ko na umiyak habang naglalakad palabas ng mansion ng mga falcon. Hindi ko kineri 'yung sinabi ni Elton. Hahampasin ko pa sana siya ng upuan pero nag walk-out na ako bago pa magdilim ang paningin ko. Kapag usapang pamilya talaga nagiging mahina ako. Nagiging marupok. Pamilya ko kasi ang kahinaan ko. At kahit gaano pa ako kalakas at katatag na tao, kapag pamilya ko ang pinag-uusapan, nagiging emosyonal at iyakin ako.

Neverness kong na-meet ang mga magulang ko. Parehas kasi silang namatay noong

nangingisda si Itay at Inay. Sumabog 'yung bangkang sinasakyan nila dahil merong naglagay ng dinamita. Pero base sa kwento ng lolo ko, para ko na rin silang nakilala. Kahit maaga silang nawala palagi naman sinasabi ni Lolo Philip na mahal na mahal nila ako. Ako raw ang pinakamagandang biyaya na natanggap nila bilang mag-asawa. Kaya kahit hindi ko sila na-meetness and greetness, mahal na mahal ko silang dalawa.

Nang nasa labas na ako ng malaking gate ng falcon residence huminto na ako sa pag-iyak. Tama na ang drama. Tapos na naman ako mag monologue, e. Tapos na ako maglabas ng sama ng loob. Sa ngayon kailangan ko muna makita 'yung Christopher na iyun. Dapat dito kay Chris binibigyan ng kiddie show, e. Christopher The Explorer (Ang piping magala) chos!

Pinuntahan ko 'yung dalawang katulong ng mansion na nasa gilid ng isang patrol van ng mga security guard. Nasa seryoso silang pag-uusap at napatigil lang ng nakita nila ako.

"Anon g balita? Nakita na ba si Chris?" tanong ko sa kanila.

Sumagot 'yung medyo may edad. Hindi ko alam ang pangalan niya at pati na rin 'yung kasama niya kasi wala akong time at 'di ba nga snob ako sa personal? Ang mga snob dapat 'di nagkakabisado ng mga pangalan ng tao sa paligid niya.

"Hindi pa po, ma'am. Masyadong malaki 'tong subdivision kahit ang dami ng naghahanap." sagot nito.

"Oo nga, ma'am. Malaki kasi 'tong subdivision kaya mahihirapan pa rin sila sa paghahanap." pag entra naman nung isa. Ba't siya sumasagot? Hindi ko naman siya kinakausap, e.

"Ikaw kamo sumasagot ka pa pero wala ring kwenta 'yung sinabi mo," sagot ko 'dun sa isa "Inulit mo lang din naman 'yung sinabi nitong kasama mo, e."

"Oo nga, ma'am. Paepal siya, 'no, ma'am?" sambit naman nung medyo mag edad "Ikaw talaga kapag 'di ka kinakausap shut up ka nalang diyan."

Napanguso 'yung katulong na pinagtutulungan namin. Akala mo naman ang ganda niya sa duck-face.

"Saan naghanap 'yung mga security guards?" muli kong tanong.

"Dun po sila sa silangan man. Saka 'dun po sa may harapan ng subdivision," pagsagot ng kausap ko. "Baka raw po kasi lumabas si Chris at wala lang nakapansin."

"Eh, bakit walang naghahanap 'dun sa dulo?" tinuro ko 'yung dulong parte ng subdivision. 'Yung daanan na papunta sa bundok. "Papaano kapag andun pala si Chris?"

"Imposible na andun si Chris, ma'am, kasi liblib na lugar na 'yun. Wala pa kasing bahay 'dun sa dulo kaya nakakatakot puntahan. Matatakutin pa naman si Chris, ma'am."

"Sureness ka? Paano nga kapag andun si Chris?" pagpupumilit ko.

Sumagot naman 'yung isa, "Ma'am, trust us, wala 'dun si Chris. Hindi po pupunta 'yun 'dun."

"Trust you ka rin. 'Wag mo kong murahin!" saad ko "Kapag andun pala si Chris at nahanap ko siya anong gagawin ko sa inyong dalawa? Huhugutin ko mga bituka niyo saka ko ibubuhol sa mga leeg niyo, ah?"

"Ay, grabe naman sa hard 'yan, ma'am." sagot ni katulong number 1 "Wag ganun, ma'am. Walang ganunan, ma'am. Pustahan nalang,oh." Itinaas niya pa niya 'yung mangas ng suot niyang uniporme at ipinakita 'yung braso niya na akala mo may muscle "Ano, ma'am, pustahan nalang? Ayaw, ma'am? Ay, weak!"

"Tama! Pustahan nalang. Kapag nahanap niyo si Chris 'dun, ma'am, sa inyo na sahod naming dalawa next week." saad naman ni katulong number 2 "Pero kapag wala siya 'dun, ma'am. Anong ibibigay niyo?"

Saka naman ako napaisip ng ibibigay ko. Ano bang pag-aari ko na dala-dala ko at maaari kong ibigay sa kanila? Wala naman kasi akong mamahaling gamit o ano pa man. Puro damit lang na luma ang dala ko. Hindi ko naman pwedeng ibigay sa kanila ang picture frame ni lolo ko. Iyun lang kasi ang kaisa-isang picture ni lolo kong apat ang ngipin sa itaas na puro bagang pa na naiwan sa akin, e.

Hindi ko rin pwedeng ibigay ang alaga kong biik na si Majinbu. Baka agad nila itong lutuin. Kahit friendship over na kami ng biik ko na iyun at palagi na niya akong dinedema loveness ko pa rin siya, 'no. Plastik akong tao pero mapagmahal ako sa mga alaga ko. Kaya kahit ini-snob na ako ng lechugas na biik na 'yan hindi ko pa rin 'yan ipapamigay.

Sinabi ko nalang sa kanila na tigil-tigilan nila ako sa pustahan na iyan dahil masama ang magsugal. Ang turo sa akin noon ni Lolo ko 'wag na 'wag daw akong susugal dahil daw kapag sumugal ako ang tawag sa akin sugalera. Ganon pala 'yun, 'no? Minsan talaga matino kausap si Lolo Philip ko at hindi puro pagbibilang ng ngipin niyang puro bagang ang ginagawa niya.

Nagpaalam na ako 'dun sa dalawang katulong na tutulong din ako sa paghahanap. Sasama sana sila sa akin pero tumanggi ako. Ayoko kasing makipagplastikan sa kanila habang naglalakad kami at naghahanap kay Chris. Saka, snob ako sa personal kaya dapat hindi ko sila pinapansin. Sinabi ko nalang sa kanila na maghintay sila 'dun sa harapan ng gate at baka makita na si Chris. Sureness daw.

Naglakad na ako mag-isa papunta sa may dulo at liblib na lugar ng subdivision.

'Nung una may mga magagandang bahay pa akong nadadaanan hanggang sa tumagal paunti nalang ng paunti. Puro puno nalang 'yung nakikita ko sa gilid ko at mabuti nalang maayos pa rin ang daanan kaya 'di nakakatakot maglakad. Jusko. Mukhang tama nga 'yung dalawang lokaret na katulong na 'yun. Mukhang hindi nga mapupunta rito si Chris na magala.

Palinga-linga ako sa paligid pero wala akong Chris na nakikita. Ang tahimik ng lugar infairness. Liblib na parte nga ito ng subdivision. Nakarating na ako sa dulo kung saan wala ng ibang daanan. May sirang malaking gate nalang akong nakikita sa harapan ko na nakatumba. Parang lumang park ito ng subdivision. Napakamot ako ng ulo. Kailangan ko tanungin ang mga childhood friend kong mga kuto. Babalik na ba ako o babalik?

"Babalik na!" pagsasalita ko sa sarili ko. "Jusko. Nakakatakot pala talaga rito sa dulo. Kailangan ko na bumalik at magdidilim na." tatalikod na sana ako at maglalakad nang bigla akong makarinig ng talbog ng bola. Ilang ulit tumalbog ang bola saka ito huminto.

Napahinto ako at dali-daling pumunta 'dun sa pinanggagalingan ng tubig ng bola. Pumasok ako sa may inabandonang park. Pag pasok ko may nakita akong maliit na court. May dalawang basketball ring sa magkabila pero 'yung isa nakatumba na. May maliit na tao ang nakatayo 'dun sa gitna ng court. Pagtitig ko rito agad kong napagtanto na si Chris ito.

"JUSKO, CHRIS! ANDIYAN KA LANG PALA!"

Hindi ko napigilan ang sarili ko at mabilisang nilapitan si Chris. Gulat siyang napatingin sa akin. Agad akong yumuko saka siya yinakap. Mukhang nagulat siya sa ginawa ko pero 'di naman siya pumalag. Aba, papalag pa siya? Althea Josefa Marinduque na ang yumayakap sa kanya, aangal pa siya?

Niluwangan ko ang pagkayakap ko kay Chris saka tumingin sa kanya ng seryoso, "Juskong bata ka. Andito ka lang pala? Paano ka nakarating dito? Hindi ka ba natatakot?" sunod-sunod na tanong ko sa kanya.

Naghintay ako ng ilang segundo sa sagot niya pero hindi siya sumagot. Nakatingin lang siya sa akin na akala mo nakakita siya ng magandang dilag. Chos. Wala siyang reaction habang nakatingin sa akin.

"Hay, ewan. Bakit nga ba kita kinakausap? 'E, dedmaness ka nga sa akin. Tara, uuwe na tayo. 'Yung kuya mong may kulay dilaw na buhok na may sayad papatay na kapag hindi ka nakita."

Hinawakan ko na sa kamay si Chris at maglalakad na sana pero hindi naman siya humakbang. Pagtingin ko sa kanya tinuturo niya 'yung bola na nabitawan niya nang biglaan ko siyang yakapin.

"Anong meron? Hindi mo alam ang tawag diyan? Bola ang tawag diyan. Bola. B-o-l-a. Sa English, ballness." pagtuturo ko sa kanya. "Repeatness after me, getness? Ang

tawag diyan, bola. Bola. Bola. Gets?" pero mukhang hindi niya na-gets ang sinasabi ko dahil patuloy niya pa rin tinuturo 'yung bola.

Napairap ako sa kawalan at nilapitan 'yung bola. Kinuha ko ito at dinala papunta kay Chris.

"Eto ba ang gusto mo?" tanong ko sa kanya. "Kunin mo na para makauwe na tayo."

Hindi niya pinansin 'yung sinabi ko dahil abala siya sa kung anong kinukuha sa bulsa niya. Nakatingin lang ako sa ginagawa ni Chris. Nakita kong may nilabas siyang papel na kulay puti. Inaabot niya sa akin 'to.

"Ano 'yan?" pagtatanong ko sa kanya pero dedmaness pa rin. Ba't ba kasi ako nag-aabala na kausapin 'to? Kinuha ko nalang 'yung papel na nakatupi.

Pagsuri ko sa papel nagkamali ako. Hindi pala ito papel kundi isang larawan. Larawan ito ng Papa ni Chris na si sir Erwan at si Chris. May hawak si Chris na bola habang buhat-buhat siya ng Papa niya. Pagtingin ko sa background ng picture isa itong court. Agad akong napasulyap sa paligid ko at itong lumang court na ito ang nasa picture. Kuha ang picture nito sa mismong lugar na'to.

Napakagat ako sa labi ko dahil sa naramdaman ko. Naawa ako kay Chris. Marahil nami-miss niya lang si Papa niya kaya siya nagpunta rito ng walang paalam. Siguro namimiss ni Chris 'yung mga araw na buhay pa si Papa niya kaya niya napagdesisyunan na magpunta rito at maglaro mag-isa. Sinulyapan ko si Chris. Nakatingala siya habang tutok na tutok lang ang mga musmos at malulungkot niyang mga mata sa akin.

Yumuko ako para maging pantay ang tangkad naming dalawa. Malungkot akong ngumiti, "Miss na miss mo na si Papa mo kaya ka pumunta rito sa lumang court mag-isa?" pagsasalita "Sa susunod, hindi mo kailangan umalis ng walang pasabi, ah? Pwede kitang samahan pumunta rito kahit anong oras." ginulo ko ang buhok ni Chris. "Alam mo, Chris, katulad mo bata palang ako nang mawala na ang magulang ko sa tabi ko. Ay-wait, mas bata pa ata ako sa'yo 'nun. Hindi ko na talaga maalala. Pero kapag malungkot ako at nami-miss ko sila, palagi lang akong tumitingin sa langit," tinuro ko ang kalangitan na papadilim na, "Kapag nawala ang mga magulang natin sa langit sila napupunta. Hindi man natin sila nakikita pero siguradong nakatingin sila sa atin at palagi tayong binabantayan."

Tinapik ko ang balikat ni Chris, "Kaya kung nalulungkot ka, tumingin ka lang sa langit. Itaas mo ang kamay mo sabay sigaw ng Darna! Charot!" natawa ako "Tumingin ka lang sa langit kasi paniguradong nakatingin din sila sa'yo. Kapag malungkot ka paniguradong malungkot din sila. Gusto mo ba 'yun?"

Biglang umiling si Chris na siyang kinagulat ko.

"HUWAW! Infairness, Chris ah. Improvingness ka na. Marunong ka na sumagot." galak na galak na pagsasalita ko "Apir tayo diyan! High fiveness!" itinaas ko ang kamay ko para makipag-apir sa kanya pero 'di naman siya umapir. Nakatingin lang siya sa akin. "Nevermindness. I change my mindness."

Tumigil muna kami ni Chris sa lumang court ng ilang minuto dahil sinabayan ko siya maglaro. Habang naglalaro kaming dalawa ilang beses ko nakitang ngumiti si Chris kapag hinahabol ko siya. Mukhang gusto niyang hinahabol siya para lang mapangiti siya. Naisip ko tuloy na ipahabol at ipalapa siya sa sarili niyang aso para laughness siya everyday.

Madilim na nang naglakad kaming dalawa pauwi ni Chris. Napagod siya sa paglalaro kaya ang ending nakabakay na siya sa akin. Habang naglalakad kami kausap lang ako ng kausap sa kanya kahit na 'di naman niya ako sinasagot. Ayos na 'yun at least marunong na siyang umiling at marunong na siyang ngumiti ulit. 'Yun kasi ang unang beses ko siyang makitang masigla mula nang makita ko siya.

Malapit na kami sa may gate ng mansion nang matanaw ko na si San Goku na nakatayo 'dun. Hindi pa rin siya nagpapalit ng damit dahil 'yung suot niya pa rin kanina mula ng dumating siya ang suot niya. Pansin na pansin ko ang pagiging kabado niya dahil paulit-ulit niyang hinawakan ang sarili niyang buhok na halatang kinakabahan. Maya-maya pa bigla siyang napatingin sa gawi ko. Natigilan siya dahil sa gulat at agad kumaripas ng takbo papunta sa akin.

Napahinto ako sa paglalakad nang humarang siya sa harapan ko.

"For peter's sake, Chris, where have you been?"pag e-english ng timawang super sayans kay Chris. Pero ang kapatid niya hindi siya sinagot dahil nakatulog na pala ito sa likuran ko. "Give him to me."

"Ano?" kunot noo kong tanong "Nagkakamurahan na naman ba tayo?"

"Ibigay mo siya sa akin," pagsagot ni Elton.

Napairap ako sa kawalan saka tumalikod para kunin niya sa likuran ko si Chris.

Nang makuha niya na ang bunso niyang kapatid agad na akong humarap. Pag tingin ko sa walangya, ayun naglalakad na siya papasok ng mansion.

"Wala man lang thank you?" pagsasalita ko sa sarili ko "O, "Ang ganda mo Althea Josefa. Best in English ka talaga." man lang? As in 'yun na iyun?" todo pigil na naman ako sa galit ko "Ughhhh! Ang tigas talaga ng bungo mo Elton!!!" napasigaw na ako sa sobrang inis na halatang 'di narinig ng walangya dahil nakapasok na siya sa loob ng mansion nila.

Pag dating ko sa sarili kong k'warto naabutan ko si Majinbu na ang sarap-sarap pa rin ng tulog. Walangyang biik na 'to. Walang kaalam-alam sa nangyayari sa paligid niya. Puro tulog ang inaatupag. Hindi man lang niya alam na napaiyak na ako kanina dahil sa sobrang sama ng loob.

Marahan kong sinipa 'yung pwetan ni Majinbu, "Hoy! Tulog ka ng tulog biik ka.

Batugan!" sigaw ko rito.

Gumising si Majinbu saka sinamaan ako ng tingin. Ganun lang ang ginawa niya tapos balik na naman siya sa pagtulog. Bigla tuloy ako may naisip na ideya para magising ang biik na snob na 'to.

"OY KLODE! Andyan ka pala? Kanina ka pa?" pagsasalita ko na kunwari nasa pintuan si Klode.

Pag tingin ko kay Majinbu agad siyang gumising at tumayo saka tumingin sa pintuan na nakangisi. Nagising ang biik na diwa niya dahil akala niya andiyan nga talaga si Klode.

Tumingin sa akin si Majinbu saka ako inirapan, "Oink! Oink! Oink!" pagalit siyang nag oink-oink sa akin na 'di ko naman maintindihan ang nais niyang sabihin. Pero sigurado akong puro mura 'yun.

"Oink! Oink ka rin." sabi ko saka tumawa ng tumawa "May crush ka kay Klode, 'no? Biik na 'to malandi. Sorry ka 'di kayo talo ni Klode. Biik ka kabayo naman siya."

"Oink! Oink!" pagsagot ni Majinbu. Mukhang may pinaglalaban ang biik na 'to. "Oink! Oink!" sagot niya saka muli akong inirapan at pumasok 'dun sa ilalim ng kama ko.

"Tse! Ang baboy mo mag walk-out!" pagsagot ko sa kanya habang tumatawa na naman.

Maglalakad na sana ako papunta sa may maleta ko nang makarinig ako ng katok mula sa pintuan.

"Who's thereness?"

Naulit ang pagkatok.

"Student, ikaw ba 'yan? Kung ikaw 'yan pumasok ka nalang. Katok ka pa nalalaman diyan. Katukin ko bungo mo diyan, e." pananakot ko sa kanya saka muling lumakad patungo sa maleta ko.

Payuko na ako para kumuha ng bagong tshirt na pampalit nang mapatigil ako dahil sa narinig kong sagot.

"Si Elton 'to."

Nanlamig ang buong katawan ko dahil sa boses na 'yun. Bigla akong kinabahan. Anong kailangan ng super sayans na 'to sa akin ngayon? Pagsasalitaan na naman ba niya ako ng masasakit? Sisisihin sa nangyare? Hindi pa ba siya nakuntento sa mga sinabi niya kanina? Gusto pa niya akong paiyakin ng mas hard? Loko 'to, ah. Nambabayag ako ng

gwapo. Baka 'di niya alam.

Huminga muna ako ng malalim saka sumagot, "Anong kailangan mo?"

"Hindi mo malalaman ang kailangan ko unless bukas mo 'tong pintuan."

Aba nga naman. Kitamo ang ugali ng walangya. Singtigas talaga ng mukha niya.

Lumakad ako papunta sa pintuan at binuksan ito. Pag bukas ko una kong nasilayan ang katawan ni Elton na tanging boxer na kulay puting hapit na hapit sa katawan niya ang tangi niyang suot. Kitang-kita tuloy ang mga tinapay at matigas niyang dibdib. Tumambad din sa harapan ko 'yung V-line niya. Bigla akong napalunok dahil sa gutom.

Jokeness. Badtrip nga pala ako sa timawa na 'to. Snob ako sa personal kaya 'di ko dapat pansinin ang perpekto niyang sexyness na bodyness.

Tumingin ako sa mukha niya, "So, anong needness mo, aber?"

"Uhm," paninimula niya. Kitang-kita ko na ilang beses nagtaas-baba 'yung adam's apple niya sa leeg niya na mukhang kinakabahan o 'di siya sanay sa sasabihin niya. "Minsan ko lang 'to sasabihin kaya makinig ka ng maigi."

"Ano nga?" atat na atat na sagot ko.

Tumingin siya sa akin saka umiwas ng tingin. "I'm sorry." mahina niyang sagot.

"Ano? Hindi ko narinig sinabi mo." naiinis kong tugon.

"Sinabi ko na, e. Kailangan ko pang ulitin? 'Di ba sabi ko makinig ka mabuti?" iritado niyang sagot.

"Bobito ka ba o shunga lang. Ang hina kaya ng boses mo."

"Ugh!" mukhang naiinis na siya. Tumingin siya sa akin ng seryoso, "I'm so sorry."

Napatigil ako dahil sa pag so-sorry ni San Goku. Tologo? Nag so-sorry siya? Pero sorry nalang din siya dahil hindi porket nag sorry siya 'e mawawala na agad ang sakit. Pag ti-tripan ko muna siya.

"Sorry para saan?"

"Really? Are you playing numb?"

"Dakyu! 'Wag mo kong murahin!"

"Hindi kita minumura!" naiinis na naman niyang sagot "I am saying sorry here."

"Hindi ko ma-gets. 'Wag ka mag english. Kahit best in english ako noong elementary ako may mga salita pa rin akong 'di naiintindihan." sagot ko "Tagalugin mo."

Napamura na naman si Elton dahil sa sinabi ko kaya gusto kong bumulalas ng tawa. Pero mamaya na ako tatawa kapag wala na siya.

Huminga siya ng malalim, "Pasensya na sa mga nasabi ko kanina sa'yo." seryoso niyang sagot "Nadala lang talaga ako. Kinabahan nang dahil sa nangyari. I didn't intend to bring your late parents."

"Teka? Late? Hindi naman late parents ko," nagtatakang sagot ko "Pero marunong ka pala mag sorry? Akala ko matigas bungo mo, e." sagot ko "Sige, pinapatawad na kita. Pero sabihin mo muna na ano."

"What?"

"Na 'Althea Josefa, ang pretty pretty mo.' Dali. Para tuluyan ng mawala ang galit ko sa'yo." napangiti ako.

Tinignan niya ako mula ulo hanggang paa bago nagsalita, "Mag-isa ka!" sabi niya saka tumalikod at naglakad palayo sa akin.

"Hoy! Sandali lang! Sabihin mo muna. Kundi 'di pa rin tayo bati. Hoy timawang San Goku! Dali na!" todo sigaw ako habang nasa may pintuan ng k'warto ko "HOY, San Goku! Dali na. Minsan lang, e. Walang malisya. Dali na!" pero ang walangya tuluyan ng nawala sa hallway. "Ugh! Nakakainis!"

Sinarado ko nalang ang pintuan ng k'warto ko na may ngiti sa labi ko. Hindi ko talaga inaakalang marunong mag sorry si San Goku. May tinatagong lambot din pala ang puso ang mga super sayans.

Pag tingin ko sa sulok nakita ko si Majinbu na nakatingin ng seryoso sa akin.

"Oink! Oink!" sabi niya.

"Aba! Malandi ka rin!" sigaw ko sa kanya saka ko siya inirapan.

Biik na 'to judgementalness masyado.

==========

Chapter 9

TADA!!!! Dahil masisipag kayo mag comments, may update ngayon! Comment lang para tuloy-tuloy ang update ko sa bobitang kwento ng bobitang si Althea! Hahaha.

Enjoy! Comment and vote, students! Thanks! :D

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 9

Ako 'yung babaeng hindi madaling pakiligin. Sa probinsya namin noon ang daming nagpaparamdam sa akin na gusto at mahal daw nila ako. Willingness daw silang manligaw sa akin. Willingness daw nila akong bigyan ng araw-araw na supply ng gatas galing sa dodo ng virgin na kambing para raw mas kuminis ang balat ko (Mas masarap at freshness ang gatas kapag ang gatas galing sa birhen na kambing. 'Yung di pa najujugjug ng kapwa kambing niya) Iyung gatas na 'yun lang ang iniinom ko.

Willingness din daw silang umakyat ng ilang puno ng niyog para lang makakain ako ng suman na niyog flavor. 'Yun iba nagpapagalingan pa sa paglangoy. Palaliman ng nilalangoy ang mga timang. Pero 'wag na natin 'yun pag-usapan kasi tatlo sa kanila ang nalunod nang minsang sinabihan ko sila na dapat patagalan sa tubig. Ang mga shunga kong kapitbahay na may pagnanasa sa akin ay ayun at nalunod. Tatlong oras ba naman hindi umahon mula sa dagat, e. Pag ahon nila langit na sumalubong sa kanila.

Pero wala ni isa sa mga nagtangka sa aking manligaw ang sinagot ko. Tumigil nalang sila kasi nabadtrip na sa akin. Ang arte-arte ko raw. Wala raw akong taste kasi wala akong sinagot sa kanila. 'Yung mga manliligaw ko ayun at naging instant haterness ko na sa probinsya. Kapag nakikita nila ako iniirapan nila ako. Hindi ko nalang sila pinansin kasi nga snob ako sa personal. Saka thankfulness pa rin ako sa kanila dahil ang dami kong niyog at freshness na gatas mula sa dodo ng birhen na kambing. Mwahaha.

Ewan ko ba sa sarili ko. Hindi kasi ako kinikilig sa mga banat nilang matatamis na salita. Kung hindi ako mandiri 'e naiirita naman ako. Wala akong nagustuhan sa kanila. Tinanong nga ako ni lolo Philip ko kung tomboy daw ba ako sabi ko hindi ko alam at saka ko na lang sasabihin sa kanya kapag lima na ang ngipin niya na puro bagang. 'E ang kaso natigok na siya lahat-lahat apat pa rin ngipin niya. Tapos 'di niya pa nalaman kung tomboy ba ang apo niya. Kawawang lolo Philip. Mwahaha ulit.

Kaya ngayon hindi ko maintindihan ang sarili ko. Anong oras na pero 'di pa rin ako makatulog kasi nga kinikilig ang buong katawang lupa ko sa tuwing naalala ko 'yung katawan ni Elton na nakaputing hapit na boxer lang. Tapos 'yun matitigas niyang abs. Jusko lang talaga. Pengeng palaman. 'Yung v-line niya pang kitang-kita na

pababa sa putotoy niya-CHAROT! Hindi ako 'dun kinikilig. Kung saan-saan na naman napupunta ang malantod kong brainess. 'Dun ako sa pag so-sorry niya kinikilig. 'Dun sa sorry at hindi sa katawan niyang sexyness, ukieness?

Ihhhhh. Ewan ko ba talaga mga students ko. Hindi ko ma-getness ang sarili ko kung bakit talaga ako kilig na kilig sa paghingi niya ng tawad. 'E wala naman akong tindahan. At mas lalong wala rin naman akong binebenta. Chos. 'E sa probinsya kapag may nanghihingi sa akin ng tawad dedmaness lang ako. 'E kasi nga 'di ba snob ako sa personal. Pero para kay Elton itititigil ko ang pagiging snob ko sa personal basta ba'y marinig ko ulit ang sexyness niyang boses habang sinasabi ang mga katagang 'I'm so sorry.'

"Ihhhhhhhhh!! Nakakainis naman, e. Pwede ba San Goku magpatulog ka? Anong oras na at pinupuyat mo ako. Ang mga snob sa personal dapat tulog na sa mga oras na 'to. Pero nang dahil sa'yo hindi ako makatulog. Nakakainis ka talaga. Kurutin ko 'yang pinkness mong nipples, e. Hihihihi." napahagikgik pa ako at nagpagulong-gulong sa kama ko.

Napatitig nalang ako sa kisame ng k'warto ko habang paulit-ulit kong iniisip 'yung pag so-sorry ni Elton kanina. Kahit ilang beses kong isipin 'yun hindi talaga ako nagsasawa. 'Yung eksena na 'yun parang paborito kong suman. Na kahit ilang beses kong lasapin nasasarapan pa rin ako.

Nasa ganon akong posisyon nang maaninag ko si Majinbu na nagising mula sa mahimbing niyang pagtulog. Binaling ko sa kanya ang mga kyot kong mga mata. Ang lechugas na biik ang sama-sama na naman ng titig sa akin. May nagawa ba akong masama sa biik na 'to? Ba't ba ang init ng dugo nito sa akin.

"Oh, Majinbu. Ba't ganyan ka makatingin. May nagawa ba akong masama sa'yo?" nagtataka kong tanong sa kanya. Umupo pa ako sa gilid ng kama ko kasi nga 'di ako makatulog. Kainis na Elton talaga 'yan. Makukurot ko na talaga nipples niya, e.

"Oink! Oink!" seryosong sagot ni Majinbu sa akin. Mukhang minumura na naman niya ako. "Oink! Oink!"

"Teka nga. Ayusin mo ang sinasabi mo. Hindi kita maintindihan." sagot ko "Anong pinuputok ng butchi mo diyan, aber?"

Napaikot ng mata si Majinbu, "Oink! Oink." dahan-dahan siyang umo-oink. "Oink! Oink!"

"Ah! Hindi ka makatulog dahil sa akin?"

Tumango si Majinbu, "Oink!"

"Sorry na. Kinikilig lang ako. Hihihi." muli akong napahagikgik "Sige, matulog ka na ulit. Sorry po, Majinbu. Nakakahiya naman sa'yo, e. Ikaw kasi ang amo sa ating dalawa habang ako naman ang alaga mo. Sorry, Majinbu, ah. Sorry talaga."

"Oink! Oink!" sabi ni Majinbu. Walang anuman daw. Ang mga biik pala 'di marunong makaramdam kapag sarkastiko ang sinasabi sa kanila. "Oink! Oink!" dagdag pa ng manhid na biik. 'Wag daw akong kiligin dahil wala naman daw forever.

"Aba, ang biik na 'to may nalalaman pang walang forever." untad ko "Sa inyong dalawa ni Klode walang forever. Chosera kang biik ka."

"OINK! OINK!" napalakas na ang pag-oink ni Majinbu. May pinaglalaban na naman siya.

"Wala! Wala kayong forever!" pag-ulit ko.

Lumapit siya ng bahagya sa akin, "OINK! OINK!" sigaw na naman niya "Oink! Oink!" para siyang naghahamon ng suntukan.

"Kahit umoink ka ng umoink, wala kayong forever ni Klode. Gusto ni Klode malaking putotoy."

Napatigil siya saka napatingin si Majinbu sa ilalim ng katawan niya. Parang sinisilip niya kung may putotoy ba siya o wala. O, kung meron man, malaki ba o maliit ang putotoy niya. Siyempre, na-curiosness din ako kaya naman nakisilip din ako sa ilalim ng katawan niya. Pag silip ko nakita ko ang putotoy ni Majinbu. Lalaki pala si Majinbu. Pero bigla akong napabulalas ng tawa nang makita ko ng maayos ang pinagmamalaki niya.

"Mwahahaha. Jusko, Majinbu. Kawawa ka naman." tawang-tawa ako habang nakahawak pa sa tiyan ko "Ang liit ng putotoy mo. Paano ka magugustuhan ni Klode niyan? Mwahahah."

Sinamaan ako ng tingin ni Majinbu, "Oink! Oink!"

"Ano bata ka pa? Hahaha. 'E kahit malaki ka na siguradong 'di na lalaki putotoy mo, 'no. So, paano ba 'yan? 'E di hindi ka papansinin ni Klode?"

Inirapan lang ako ni Majinbu saka siya pumasok sa ilalim ng kama ko. Pag silip ko sa kanya ang lungkot-lungkot ng mukha ni Majinbu. Nakasimangot pa siya. Isipin niyo nalang kung paano sumimangot ang mga biik. Ang baboy isipin, 'di ba? Ganun itchura ni Majinbu. Laughtrip ang mukha niya. Mukha siyang pinagbagsakan ng langit at lupa dahil sa sobrang lungkot niya.

"Uy, Majinbu." tinapik ko ang legs niya "'To naman masyadong seryoso. Nagbibiruan lang tayo, e."

"Oink." malamig na tugon ni Majinbu. 'Wag ko raw siya kausapin.

"Sus naman, Majinbu. Ang pikon mo kamo. Oo na. Bagay na kayo ni Klode." sabi ko "Oo na rin. Lalaki pa 'yang putotoy mo. Kaya 'wag ka na magalit sa akin. Friends na ulit tayo. Uyyy."

Pero 'di niya ako pinansin. Ihinarap niya lang ulit ang baboy niyang pwetan sa harapan ko. Nagtatampo talaga si Majinbu. Echoserang biik. May paganyan-ganyan pang nalalaman. Akala mo naman talaga kapag lumaki ang putotoy niya 'e magugustuhan siya ni Klode. Pwede ba? Kabayo nga kasi si Klode at biik siya. Asideness sa 'di mababuntis ang isa sa kanila, paniguradong 'di rin siya magugustuhan ni Klode. Eto talagang mga biik na 'to mga walang utak. Puro taba.

"Bahala ka nga diyan, Majinbu. Ang arte-arte mo. Akala mo naman nakaka-gwapo ang pag-iinarte mo," muli kong pagsasalita "Pero, lalaki ka pala? Akala ko wala kang kasarian, Majinbu. Uhm, pwede na rin. Ayoko kasi sa babaeng biik na alaga. Ma-stressness lang ako kapag nabunstis siya." tinapik ko ang pwetan ni Majinbu. "Wala talaga siyang sagot, 'oh. Bahala ka diyan. Goodnightness, Majinbu. Mapaginipan mo sana si Klode." pagkasabi ko 'nun bahagyang napangiti si Majinbu.

"Malanding biik," bulong ko sa sarili ko saka bumalik sa kama ko.

Nakipagtitigan na naman ako sa kisame ko. Kahit anong gawin kong pag pikit 'di pa rin talaga ako inaantok. Nag bending na ako ng dalawampung minuto 'di pa rin ako dinadalaw ni kumareng antok. Sinubukan kong mag split pero wala pa ring epekto. Napabuntong hininga ako. Tapos muli kong naalala 'yung pag so-sorry ni Elton kanina.

"I'm so sorry." umulit na naman sa utak ko 'yun boses ni Elton. Juske. Meged. 'Yun mga lamang-loob ko na naman sa loob ng katawan ko nagsigalawan.

"Ihhhhhhhh!!!" napaigting na naman ako sa kilig. Kinuha ko ang unan ko saka ito kinagat para hindi na ako muling mapasigaw. Nagpaikot-ikot ako sa kama ko. Napahinto lang ako nang bigla akong maumpog sa dingding ng k'warto ko dahil sa sobrang pag-ikot. "Aray!! Lechugas naman!!"

Napatayo ako at hinawakan ang noo ko. Punyemas. Ang sakit. Ramram na ramdam ko ang bukol na dahan-dahan umuusli sa noo ko. Masyado kasing malakas ang pagkakaumpog ko kaya siguradong super duper laki nitong bukol kinabukasan. Kumikirot din ang noo ko dahil sa sobrang sakit. Pakiramdam ko tutubuan pa ulit ako ng panibagong noo.

Nang humupa na ang kirot sa noo ko muli akong umupo sa gilid ng kama ko. Ayaw talaga ako patulugin ng kilig ko gawa ni Elton Alexander. Iba ang epekto ng sorry niya sa akin sa truthness lamang mga students. Napatingin ako sa labahin ko at naisip ko nalang maglaba dahil ang dami ko na ring mga labahin. Ayoko kasing ipalaba 'to sa mga students ko kahit kinukuha nila. Hindi naman ako lumpo para ipagawa pa sa kanila 'yung mga bagay na kaya ko namang gawin.

Kinuha ko 'yung mga labahin ko at kumuha na rin ako ng tuwalya para pagtapos ko maglaba 'e maliligo ako. Kailangan ko pagurin ang sarili ko para makatulog na. Lumabas na ako ng sarili kong k'warto.

Habang nasa hallway ako iniisip ko kung saan ang likuran ng mansion. Napuntahan ko na 'yung labahan area, e. Hindi ko lang maalala kung nasaang parte. Alam niyo naman na palagi akong naliligaw dito, 'di ba? Ganun talaga kapag snob sa personal. Maliligaw ka sa mga lugar na 'di ka pamilyar.

May nakasalubong akong isang katulong na 'di ko rin alam ang pangalan. Wala kasi akong time alamin ang pangalan niya dahil ang mga snob palaging busy. Tinanong ko sa kanya kung saan ako pwedeng maglaba.

"Ma'am, ako nalang po maglalaba." pag presinta niya. Aba'y student ko rin pala 'tong isang 'to. Hindi ako aware-ness na marami pala talaga akong estudyante sa mansion na 'to.

"Ako nalang. Ang mga snob sa personal hindi nagpapalaba," sambit ko "Ituro mo nalang kung saan ako pwedeng maglaba."

Napakamot siya ng ulo. Gaya ni student kong si Nicca may childhood friend din siyang kuto, "'Dun sa dulo, ma'am, kumaliwa kayo. Tapos pag kaliwa niyo may pintuan 'dun. 'Wag kang papasok sa pintuan, lumiko kayo sa kanan. May makikita kayong bintana na bukas 'dun, ma'am, 'wag kang tatalon sa bintana. Lumiko naman kayo sa kaliwa. Pagkaliwa niyo may makikita kayong pintuan ulit. Pumasok kayo 'dun."

"Labahan area na 'yun?" naiinip kong tanong.

Umiling siya, "Hindi pa, ma'am. H'wag kayong eksayted maglaba." pambabara niya "O, 'di ba pumasok na kayo sa pintuan? Pag pasok niyo may makikita ulit kayong dalawang pintuan? 'Yung blue na pintuan."

"Dun ako papasok sa blue na pintuan?"

Muli siyang umiling, "Hindi, ma'am.Sa pulang pintuan kayo papasok. Patapusin niyo kasi ako. Wag kayong atat, ma'am. Labang-laba na ba kayo?" tumawa pa ang gaga "Tapos. . ."

"Tapos?" kunot-noo kong tanong. Nyeta. Daming sinabi pero wala akong natandaan.

"Tapos na, ma'am. Labahan area na 'yun. Pwede na kayo 'dun maglaba since atat na atat ka na, e."

Tumaas ang kilay ko na umabot na hanggang kisame ng mansion, "Ang haba naman ng sinabi mo. Wala bang mas mabilis na daanan papunta 'dun sa labahan area?"

"Mas mabilis na daanan ba kamo, ma'am?" pag-ulit niya "Naku naman, ma'am. 'Yun pala gusto niyo, e. Sana sinabi niyo agad. Hindi 'yung pinagod niyo pa ako." napairap si gaga "Yang daanan na 'yan, ma'am. Straight lang kayo diyan. Sa dulo may pintuan. Likuran na 'yun."

"Yun lang?"

"Yes, ma'am. 'Yun lang. That's it." todo ngiti pa siya.

"'E may malapit palang daanan tapos kung anu-ano pa sinabi mo. Anong pangalan mo?"

"Erica, ma'am. Bakit? Fan na kita?" napahagikgik siya.

"Hindi. Bukas na bukas wala ka ng trabaho." sabi ko saka lumakad na.

"Ma'am naman. Maawa naman kayo."

Huminto ako saka tumingin sa kanya, "Jokeness lang."

"Hehehe. Palabiro talaga kayo, ma'am."

"Pero sasabihin ko kay Lolo Andres na isang taon ka 'wag swelduhan. Byeness." saka ako nag walk-out.

Todo tawag pa si Erica ng ma'am sa akin pero 'di ko na siya nilingon. Ang mga snob ay hindi lumilingon kapag tinatawag sila kaya dapat diretso lang ang lakad.

Nakarating na agad ako sa labahan area ng mansion at napa-wow ako sa nakita ko. May limang washing machine na nakahelera sa gilid na puro kulay puti at halatang mamahalin. May isang cabinet naman sa gilid nito na punong-puno ng sabon panlaba at mga downy isang banlaw. Ito siguro 'yung pinainom kay Klode noong baby pa siya kaya lumaki siyang malambot.

So anywayness, pumunta ako sa harapan ng isang washing machine. Marunong naman akong gumamit ng ganito kahit wala kaming washing sa probinsya. 'Yung kapitbahay kasi namin may washing at 'nung nakabili siya todo picture siya na kasama 'yung washing niya. Ang profile picture niya rin sa facebook niya ay selfie niya kasama ang washing machine niya. May sayad talaga 'yun si Ate Linda.

Automaticness ang washing dito sa mansion kasi pag pindot ko 'nung kulay blue na button biglang bumukas ang takip ng washing saka kusang naglabas ng tubig. Napa-wow na naman ang plastic na ako. Inilagay ko na ang mga damit ko saka kumuha ako ng sabon at inilagay din sa washing.

"Press any button in the washing to start washing the clothes," pagbabasa ko sa nakasulat sa harapan ng washing. English 'yung nakasulat. Siyempre naintindihan ko iyun dahil nga best in English ako dati. "Press any button in the washing daw." gets na gets ko talaga 'yung nakasulat kaya sinipa ko ng isang beses 'yung washing machine.

Pag sipa ko hindi pa rin umikot. Sinipa ko ulit. Sa pangalawang pagsipa ko nilaksan ko. Todo bigay na ako ng pwersa. Tapos ayun, nagsimula ng umikot ang washing. Ang galing lang dahil umiilaw ang tubig. Kulay blue ang tubig. Ang bangis naman. 'Yung kila Ate Linda na washing kasi hindi umilaw 'nung ginamit ko, e. Sumabog lang agad. Pag sabog ng washing niya 'di na ako pwede pumunta sa kanila. Kasi muntik na niya akong saksakin sa tagiliran ko.

Nag-unat muna ako ng katawan habang nakatitig sa washing machine. Mukhang matatagalan pa ito dahil kakasimula palang. Tumingin ako sa likuran ko kung saan may mini-garden din at may mga upuan. Pag tingin ko may nakita akong tao na nakaupo at nakatagilid sa akin.

Si Klode.

"Klode andiyan-" napahinto ako sa pagtawag kay Klode nang maisip kong 'di pala 'to si Klode. Kahit kasi nakatagilid itong lalaki na 'to alam na alam ko na si Klyde siya. Mas maangas kasi at lalaking-lalaki ang features ng mukha niya. Unlikeness kay Klode na pabebe ang itchura niya.

Tinignan ko si Klyde. Mukhang ang lalim ng iniisip niya. Hindi kaya siya malunod niyan? Nakatingin lang siya sa kawalan habang nagyoyosi. Ohh. Nagyoyosi pala siya? Pero ang bata pa niya, ah. 18 year-old lang siya, 'di ba? Si Klode kaya ilang taon na?

Wala sa wisyo ko siyang nilapitan. Tumayo ako sa gilid niya at pumaweymang pa, "Oy! Ba't nag yo-yosi ka? Alam mo bang cigarette is. . ." gulat na napatingin sa akin si Klode "Cigarette is. . ."

Kumonot ang noo niya. Ang fugi! Gash! "Cigarette is what?"

"Is. . ano. Cigarette is actions speaks louder than words?" proud kong sagot kasi feeling ko tama na naman ang english ko. Ay, teka. Kelan ba namali ang english ko? Wala pa naman.

"Pinagsasabi mo?" iritado niyang tanong. Humithit pa siya ng yosi.

See? Pati si Klyde 'di naintindihan 'yung sinabi ko. Ang lalim kasi 'nung english ko, e.

"Ang sinasabi ko ay alam mo bang masama sa kalusugan ang pagyoyosi?"

"Alam ko," sagot niya "At alam mo rin bang wala akong pakialam? Ba't mo ba ko kinakausap? May atraso ka pa sa akin, ah. Baka inaakala mo na nakakalimutan ko na. Until now, my face is fucking hurting because of you."

Napatigil ako dahil 'di pa nag re-register sa utak ko 'yung english niyang sinabi.

Na-realizness ko rin pala na parehas ng boses si Klode and Klyde. Mahinhin lang magsalita si Klode habang itong sinapak ko na si Klyde 'e brusko nga at maangas.

"Oh, ba't napatitig ka sa akin?"

"May na-realizedness lang ako," sagot ko "Parehas pala kayo ng boses ng kambal mong si Klode."

Tumalim ang tingin niya sa akin, "Wag mo ngang binabanggit 'yung pangalan 'nung bakla na 'yun!" galit na sambit niya "Nakakadiri, e. Saka pwede ba? 'Wag mo rin ako kausapin."

"Bakit? Snob ka rin ba sa personal? Magkakasundo pala tayo." napangiti ako pero si Klyde nanatiling seryoso at masama ang tingin sa akin "Saka rin, ba't mo sinasabihan ng kadiri 'yung kakambal mo? Anong nakakadiri sa kanya, aberness?"

Humithit siya sa yosi niya saka ito itinapon at inapakan, "Really? Tinatanong mo talaga kung anong nakakadiri sa bakla na 'yun?" sarkastiko siyang napangiti "Parehas kayong may sayad."

"Hoy! Sumosobra ka na, ah. Nananampal ako ng gwapo!"

"So, sasampalin mo ako?" tanong niya pabalik.

Umiling ako, "Hindi. Bakit gwapo ka ba?" tumingin ako 'dun sa may washing pero 'di pa rin tapos 'yung nilalabhan ko. Umupo ako sa harapan ni Klyde "Mag-usap nga tayo. Ano bang problema mo sa buhay mo? Baka matulungan kita."

"Matutulungan mo ako? Bakit nanay ba kita?" maangas niyang tanong.

Napangiti ako, "So, nami-miss mo ang Mama mo kaya ka nagkakaganyan?" hindi sumagot si Klyde. Napaiwas lang siya ng tingin. "Tingin mo matutuwa si Ma'am Cynthia kapag nalaman niyang napapariwara ang buhay mo ngayon?"

"Wala kang alam. Shut up." seryoso niyang sagot pero di pa rin niya ako tinitignan. "Shut up. You do not know anything." napayukom ng kamay si Klyde. May balak ata siyang sapakin na kung sino. Sino kaya? Tutulungan ko pa siya.

"Alam mo, Klyde, 'di masosolusyunan ng pagrerebelde mo ang problema mo. Mas lalo mo lang dinadagdagan ang dinadala mo," muli kong pagsasalita "Kung may problema ka maraming tao kang pwedeng lapitan. Maraming nagmamahal sa'yo."

At last, tumingin na rin siya sa akin. Pero kakaiba 'yung tingin niya. May lungkot

sa mga mata niya.

"Maraming nagmamahal sa akin? Nagpapatawa ka ba?" sagot niya "Matagal ng wala rito 'yung mga taong nagmamahal sa akin. Si Papa at Mama? Si Kuya Erwin? Wala na sila."

"Si Lolo Andres at Kuya Elton mo. Saka si Klode at Chris. Mahal ka nila." sabi ko "Idagdag mo na rin ako para hindi ako mapag-iwanan. Ang mga plastic at snob na katulad ko hindi dapat iniiwanan."

Napangisi si Klyde pero nananatili pa rin 'yung lungkot sa mga mata niya, "Wala kanga lam sa sinasabi mo, Ms. Promdi Girl. Si Lolo Andres na puro business ang inaatupag? Si Kuya Elton na wala naman pakialam sa aming mga kapatid niya?"

Napayukom naman ako ng kamay ngayon. Biglang nangati ang kamay ko, e. Feelingness ko may masasampal ako. "May pakialam si Kuya Elton mo sa'yo. Hindi mo lang nakikita kasi abala ka sa pagrerebelde."

"Wala siyang pakialam sa amin!" matigas niyang sagot "Bago ka lang dito kaya mo nasasabi 'yan. Hindi mo alam ang tunay na ugali ni Kuya Elton. Sarili niya lang at girlfriend niya ang mahal niya. Mabuti nga 'yung girlfriend niya nabibigyan niya ng pagmamahal. 'E kaming mga kapatid niya. Nagbigyan niya ba? Hindi. Kasi wala naman siyang pakialam sa amin." puno ng galit at kalungkutan ang boses ni Klyde.

"Mahal ka niya. Mahal niya kayo," seryoso kong sagot "Nakikita at nararamdaman ko iyun. Nahihirapan lang siya ipakita at iparamdam. Hindi niya alam kung sa papaanong paraan," ngumiti ako "Pero, magtiwala ka sa akin. Alam kong mahal ka ni Kuya mo. Kulang lang kayo sa komunikasyon dalawa."

Napangisi si Klyde, "Magtiwala sa'yo? Paano ako magtitiwala sa babaeng binayaran ng lolo ko para lang maging fiancé at maging asawa ni Kuya ko? Paano ako magtitiwala sa babaeng mukhang pera?" napatigil ako sa sinabi ni Klyde "Ano, wala kang masabi, 'no? Sorry to tell you this pero bumalik ka nalang sa probinsyang pinanggalingan mo dahil wala kang mapapala kay Kuya Elton. I am very sure that he will do anything and everything para lang hindi matuloy ang mangyayari sa inyong dalawa. Mahal na mahal niya si Jennina at hindi niya iyun hihiwalayan kahit anong mangyari."

Parang piniga 'yung puso ko hindi dahil sa sinabi ni Klyde 'yung tungkol sa kung gaano kamahal ni San Goku ang girlfriend nito. Kumirot ang puso ko dahil sa sinabi niyang binayaran ako ni Lolo Andres para maging asawa ni Elton. Anong bayad ang tinutukoy niya? Iyun ba 'yung pera na ginamit ko pambayad sa mga utang na naiwan ni Lolo Philip at sa pampapalibing sa kanya? Kung hindi iyun hindi ko na alam. Wala akong alam sa nangyaring bayaran.

Mas lalong napangisi si Klyde, "Ano? Hindi ka makapagsalita diyan. Na-realized mo na bang tama ang sinasabi ko? Naisip mo na bang wala kang mapapala kay Kuya Elton?"

Hindi pa rin ako nakasagot sa sinabi ni Klyde. Parang huminto sa pag-iisip ang utak ko. Ramdam ko ang pagkirot ng puso ko na parang tinutusok ng karayom. Bakit ba parehas sila na iniisip ni San Goku na mukha akong pera at binayaran lang ako para

pumunta rito at pakasalan si Elton? Bakit ba mukhang pera ang tingin nila sa mga taga-probinsya. Hindi ba nila naisip na ang ilan sa amin ay snob sa personal at plastic lang gaya ko?

Masyado na ata akong napatagal sa pagtitig dahil 'di ko na namalayan na nakatayo na si Klyde sa harapan ko. Ngayon ko lang napansin na tanging boxer lang at itim na sando ang suot niya. Nang mapatingin ako sa mukha niya nakangisi pa rin siya na parang may masamang binabalak.

"Alam mo maganda ka naman, e. Kung ayaw sa'yo ni Kuya Elton pwedeng sa akin ka nalang. Mapagtsatsagaan naman kita, e. Kaso ngayong gabi lang," hinawakan niya ang mukha ko saka pilit na pinapatingala "Maganda ka. Kulang ka lang sa ayos."

Iniwas ko ang mukha ko mula sa kamay niya, "Anong pinagsasabi mo diyan?"

Bigla niya akong hinawakan sa magkabila kong balikat at pilit na pinahiga sa mahabang upuan na gawa sa kahoy. Kahit pilit ko siyang tinutulak hindi ko magawa dahil masyadong malakas si Klode. Dinadaan niya ako sa pwersa. Dinaganan niya ako. Pumaibabaw siya sa akin.

"Ano ba, Klyde. Punyemas. Hindi ako natutuwa, ah!" todo tulak pa ako sa kanya.

Napangisi ang lechugas, "Pwes, ako natutuwa ako." sagot niya habang ang lapit-lapit ng mukha niya sa mukha ko "H'wag ka ng mag-inarte. Alam kong gusto mo rin 'to. Hindi mo makuha si Kuya Elton kaya ako nalang ang kunin mo. Pagtapos ng gabing 'to sisiguraduhin kong babalik ka na sa probinsya niyo."

"Punyeta naman!" napamura na naman ako nang maramdaman ko ang labi ni Klyde na dumikit sa leeg ko. Hinahalikan niya ang leeg ko ng paulit-ulit habang hawak niya paitaas ang dalawang kamay ko.

Gusto ko siyang sipain pero hindi ko magawa. Nakadagan kasi siya sa akin. Hindi ko maiangat ang mga paa ko. Tanging paglalaba lang naman ang ipinunta ko rito pero bakit kailangan kong maranasan 'to. Bakit pakiramdam ko maaabuso ang pagiging babae ko ngayon?

Ramdam ko na ang mga luha na pumatak sa mata ko. Napatingin sa akin si Klyde at saka siya napatigil. 'Yung mga mata niya kanina na parang may masamang balak biglang napalitan ng awa. 'Yung mga mata niya biglang humihingi ng pasensya sa ginawa niya. Alam ko 'yun. Alam kong humihingi na siya agad ng sorry kahit hindi niya pa sinasabi.

"Please," garalgal na ang boses ko "H'wag. . ." sabi ko habang tumutulo ang luha ko "Hindi pa'ko tapos maglaba."

Madiin na napapikit si Klyde saka napamura sa sarili niya. Naramdaman kong dahan-dahan na siyang umaalis mula sa pagkakadagan sa akin pero nagulat nalang ako nang biglang may humatak sa kanya. Nanigas ako nang dahil sa nangyari. May humatak kay

Klyde saka siya sinapak sa mukha. Lumipad si Klyde at humandusay sa garden na kulay green ang damo.

"Lumayas ka rito!" biglang may sumigaw. Pag tingin ko kung sino nagulat ako dahil si San Goku pala ang humatak kay Klyde at saka sumapak. "Lumayas ka rito bago pa kita mapatay hayop ka!" galit na galit na sigaw ni San Goku sa kapatid niya. May dugo pa ang kamao ni Elton. Dala marahil sa lakas ng pag suntok niya kay Klyde.

Tumingin sa akin si Elton. Biglang huminto ang pag pintig ng puso ko. Pakiramdam ko mahihimatay ako. Pinag-isipan ko tuloy kung mahihimatay na ba ako o 'wag muna. Hindi pa naman kasi ako tapos maglaba. At hindi ko rin pala nalagyan ng downy isang banlaw 'yung mga damit ko. Damn-ness!

==========

Chapter 10

May tanong si Altheang bobita. Ilang taon na raw ang mga student niya? :D

Enjoy reading. Comment and vote. Thanks! :)

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 10

Todo pigil ang hininga ko habang nakatingin sa akin si Elton. Ang bilis din ng pag pintig ng puso ko. Sigurado akong galit siya. Galit na galit. Kitang-kita ko 'yun mga galit na bumabalot sa kanya ngayon habang nakatutok ang mga mata niya sa akin. Hindi ko alam kung sa akin ba siya nagagalit o kay Klyde na may muntik ng gawin na masama. O, baka naman nagagalit si Elton kasi hindi pa ako tapos maglaba? Baka iniisip niya na nagsasayang lang ako ng sabon, tubig, at kuryente? Wala akong ideya, students.

Napakapit ako sa suot kong blouse habang nakabaling pa rin ang tingin ni Elton sa akin. Bumibigat ang hininga niya na parang pinipigilan niya ang sarili niya sa kung ano mang posible niyang gawin. Hindi ko mabasa ang iniisip ni Elton dahil hindi naman ako mind-reader. Sa totoo lang natatakot ako sa itchura ni San Goku ngayon. Parang may kakayahan siyang pumatay base sa itchura niyang nakikita ko. Parang kaya niyang kalimutan na kapatid niya si Klyde nang dahil lang sa naabutan niyang eksena.

Inilipat ni San Goku 'yung tingin niya kay Klyde na hanggang ngayon ay nakaupo pa rin sa damuhan. Dumudugo ang gilid ng labi ni Klyde. Nakaguhit din sa mukha niya ang gulat. Marahil nagulat din siya sa pagsuntok ni kuya niya sa kanya at sa galit na ipinapakita nito.

"Lumayas ka sa bahay na 'to bago pa kita mapatay hayop ka." muling pagsasalita ni Elton. Ramdam ko na pinipigilan lang talaga ni Elton ang sarili niya. Parang inulit niya lang naman 'yung sinabi niya kanina. Wala na ba siyang alam na linya? Ay, weak.

Pinunasan ni Klyde ang gilid ng labi niya saka ito ngumisi, "Yaan lang ba ang kaya mo? Ang hina mo sumuntok, Kuya." tumayo si Klyde at saka bahagya siyang lumapit sa kuya niya, "Punch me one more time. 'Yung mas malakas. 'Yung sasabog mukha ko. Isa pang suntok, Kuya. Alam kong matagal mo ng hinihintay 'tong chance na 'to kaya you can punch me until you satisfy."

Hindi kumibo si Elton. Nakatingin lang siya ng seryoso sa kapatid niya.

"Ano, kuya? Hindi mo kaya? Wala ka pala, e." muling pagsasalita ni Klyde. Napayukom na ng kamao si Elton "Kahit kailan talaga mas magaling si Kuya Erwin-"

Hindi na natapos ni Klyde ang sinasabi niya dahil sinuntok na naman siya ni Elton. Mas malakas kaysa sa nauna. Tumilapon si Klyde at napahandusay sa damuhan. Nang makita kong mas lalong dumugo ang ilong ni Klyde napatakip ako ng bibig ko. Naamoy ko kasi na ang baho ng hingina ko. Chos. Hindi ko kasi kinaya 'yung eksena nilang dalawa. Lalo na 'yung dugo na umagos mula sa ilong ni Klyde.

Napadura si Klyde ng dugo saka ito muling tumayo at tumingin ng seryoso kay Elton.

"Mahina pa rin, Kuya." nagsalitang muli si Klyde. Pero kapansin-pansin 'yung panginginig ng boses niya na parang may pinipigilan siya. Naglakad ulit si Klyde papunta sa harapan ng Kuya niya na may ngisi sa labi niya. Pansin ko 'yung mga mata ni Klyde. Parang naluluha na siya. "Suntukin mo lang ako ng suntukin. Hanggang sa magsawa ka. Galit ka sa akin, 'di ba? Galit ka dahil ako ang nagbibigay ng dumi sa pamilya natin. Galit ka sa akin dahil patapon ang buhay ko, 'di ba? Galit ka dahil hindi ako katulad ni Klode na hindi sakit sa ulo. Galit ka dahil.-"

Muling napahinto si Klyde sa sinasabi niya dahil bigla na namang dumikit sa mukha niya ang kamao ni Elton. Nag super sayans modeness na si San Goku dahil ilang beses niyang pinagsusuntok ang kapatid niya habang nakahiga ito sa damuhan. Pakiramdam ko nararamdaman ko rin 'yung sakit sa bawat suntok na ginagawa ni Elton kay Klyde kaya bago pa nga niya mapatay ang kapatid niya agad na akong tumayo. Mabilis akong lumapit sa kanilang dalawa.

"Tama na 'yan!!" napasigaw na ako para patigilin si Elton pero hindi siya tumitigil. Sinusuntok pa rin niya 'yung kapatid niya sa mukha nito. "Ano ba, San Goku? Sinabing tumigil ka na, e!! Lechugas kang timawa ka!!" hinawakan ko 'yung kamay ni Elton na muli sanang didikit sa mukha ni Klyde.

Napahinto si Elton sa pag suntok kay Klyde at gulat na napatingin sa akin. Nang mapahinto ko na siya saka ko siya itinulak palayo. Hindi ko na siya pinansin pagtapos 'nun dahil si Klyde na ang binalingan ko ng tingin. Napakagat ako ng labi ko nang makita ko ang sabog na mukha ni Klyde. Halos pumutok na ang labi niya at

'yung ilong niya patuloy na dumudugo. Agad kong inilabas 'yung panyo ko mula sa bulsa ko at pinunasan 'yung ilong ni Klyde para kahit papaano mapahinto ko ang paglabas ng dugo.

"Anong ginagawa mo? Bakit mo nilalapitan 'yang hayop na 'yan. Muntik ka ng gahasain niyan. Kulang pa 'yan sa kanya. Hindi kami pinalaking ganyan ng mga magulang namin." napahinto ako sa pagpupunas ko ng ilong ni Klyde nang magsalita si Elton "Yan ang nakukuha niyang asal sa pagiging rebelde niya!"

Galit kong tinignan si Elton, "Unang-una hindi hayop si Klyde. Kung hayop siya 'edi hayop ka rin dahil magkapatid kayo. Pangalawa, oo muntik niya na akong gahasain pero hindi niya 'yun itinuloy dahil hindi pa ako tapos maglaba at nalaman niya agad na mali ang ginagawa niya." galit na galit ako habang nagsasalita "Kung may balak siyang gahasain ako 'edi sana marahas niya akong hinawakan. Pero hindi. Marahan lang ang pagkakahawak niya sa akin dahil takot siyang saktan ako."

Tinignan ko ang kawawang mukha ni Klyde. Kahit papaano huminto na ang pagdugo ng ilong at labi niya. Nanatili lang siyang nakahiga sa damuhan na parang naubusan ng lakas. Kahit ako rin naman siguro mauubusan ng lakas kapag pinaulanan ako ng suntok ni San Goku 'e ang laki-laki ng katawan ng timawang super sayan. Punyemas. Naiirita talaga ako kay Elton. Hindi makatarungan 'tong ginawa niya sa nakababatang kapatid niya.

"Ayos ka lang ba, Klyde?" nag-aalalang tanong ko kay Klyde pero hindi siya sumagot. Dahan-dahan lang siyang umupo habang hawak-hawak ang panyo na nakatakip sa ilong niya.

Muli kong binalingan si Elton. "Nakita mo ang ginawa mo sa kapatid mo? Isang suntok lang ayos na, e. Pero 'yung paulit-ulit mong pagsusuntukin? Ano ka boxer?" nakatingin lang si Elton sa akin "Hindi ko alam kung anong problema niyong magkapatid pero alam niyo kung anong kulang sa inyo? 'Yung komunikasyon. 'Yung pag-uusap. Naghahanap lang ng atensyon si Klyde kaya siya nag re-rebelde dahil pakiramdam niya wala siyang puwang sa pamilya na 'to. Habang ikaw naman Elton hindi mo alam sa papaanong paraan ipapakita ang pagmamahal mo sa kanila dahil nahihirapan ka. Nahihirapan kang mag open-upness-teka, open-upness ba 'yun? Basta 'yun na 'yun."

Tinulungan kong makatayo si Klyde saka muling nagsalita, "Madalas sabihin sa akin ni Lolo ko noon na dapat ang pamilya mo ang inuuna mo. Iniitindi mo. Minamahal mo. Sila kasi ang katangi-tanging tao na hindi ka iiwan kahit kailan. Tatalikuran ka ng lahat pero sila hinding-hindi ka tatalikuran. Maswerte nga kayo dahil may pamilya pa rin kayong maituturing dahil ang daming tao sa mundo na nag-iisa nalang at walang makakapitan kapag may problema siya. Tanging sarili niya lang ang kakampi niya." nakatingin lang ng seryoso sa akin si Elton "Ikaw ang nakakatanda sa kanilang lahat, Elton, kaya sana ikaw ang unang umintindi sa kanila. Ikaw ang umalalay. Ikaw ang gumabay. Oo, hirap ka ngang ipakita sa papaanong paraan pero sana subukan mo. Kailangan ka ng mga kapatid mo."

"Tapos ka na ba magsalita?" sagot sa akin ni Elton. Seryoso pa rin ang punyemas. Hindi man lang na-touchness sa mga sinabi ko. Hinugutan ko na lahat ng pwedeng kong hugutin pero walang epekto sa kanya. Kapal ata ng balat nito, e.

Pero ang sexyness niya talaga ngayon dahil boxer lang ang suot niya.

Pero ang kapal pa rin talaga ng balat niya lechugas siya.

"Oo, tapos na ako. Ikaw may sasabihin ka rin ba?" sagot ko kay Elton.

"Now, I am the villain here." sambit ni Elton. "Ikaw na nga ang tinulungan pinangaralan mo pa ako. Whatever. Suit yourself." tumingin si Elton kay Klyde "Klyde, hindi pa tayo tapos. Mag-uusap tayo."

"Ayan! 'Yan ang kailangan niyo. Mag-usap kayo at maglabasan ng hinaing sa buhay. Hindi 'yung ini-stress niyo pa ako. Napurnada tuloy ang paglalaba ko," napaikot ako ng mata.

Tinignan ako ni Elton, "May sayad ka talaga." sabi niya saka tumalikod na at naglakad papasok ng mansion.

Pero siyempre bago pa tuluyang makaalis si Elton hindi ko nakalimutan na hindi pansinin 'yung matambok niyang pwetan na bumabakat na 'dun sa puting hapit na boxer na suot niya. So sexyness talaga ng timawang 'yun. Noong nagpasabog siguro ng hotness si Elton mismo ang pinasabog.

Napunta na ang isipan ko sa sexyness na katawan ni Elton at napatigil lang ako nang tapikin ni Klyde ang kamay ko na nakaalalay sa balikat niya. Binaling ko kay Klyde ang tingin ko.

"Oh, bakit ka nakatapik diyan?" tinapik ko rin siya "Lalaro ba tayo ng tapikan? Hehehe."

"May nyayad nya nyalaga," pagsasalita niya na 'di ko naintindihan dahil nakatakip sa ilong niya 'yung panyo.

"Ano?" naguluhan kong sagot "Ngongo ka na?"

Napaikot ng mata si Klyde. Saka niya tinanggal 'yung panyo sa ilong niya, "Sabi ko may sayad ka talaga."

"Hoy, grabe ka! Plastic akong tao at snob pero wala akong sayad." pagtatanggol ko sa sarili ko "You're so judgementalness! Wala ako sa pageant kaya 'wag mo kong i-judgeness, ukieness?"

Napailing-iling si Klyde at nakita kong bigla siyang bahagyang napangiti. Ang fugi niya kahit maliit na ngiti lang ang sumilay sa putok niyang labi. Ngayon ko lang napansin na sumisingkit ang mata nila ni Klode kapag ngumingiti sila. Ba't 'di ko napansin 'yun kay Klode kapag kausap ko 'yung hindut na bayut na 'yun? Sabagay wala

naman akong pakialam kay Klode kasi 'di ko naman siya crush. Si Majinbu lang may pagnanasa 'dun, e. Malanding biik na 'yun.

"Binabawi ko na 'yung sinabi ko sa'yo kanina." muling nagsalita si Klyde "And sorry sa ginawa ko kanina."

Mahina kong sinuntok 'yung balikat ni Klyde, "Wala 'yun, 'noh. Hindi mo naman itinuloy kasi hindi pa ako tapos maglaba. Hehehe."

"Hindi ko naman talaga itutuloy 'yun. Balak ko lang sanang takutin ka. Pero yeah. I'm so sorry. I really am." napahiyaw si Klyde dala marahil ng pagkirot ng sugat niya sa mukha niya "Ang sakit. Ang lakas pala sumuntok ni Kuya."

"Malamang! Ang laki kaya ng katawan ng Kuya mo." sagot ko "Pero Infairness, ah. Ang tibay ng mukha mo. Nakaraan sinuntok kita. Ngayon ilang beses ka sinuntok ni San Goku. Ang tibay talaga. The bestness!"

Muli na naman napangiti si Klyde, "Sige na. Papasok na ako sa loob para matapos mo na paglalaba mo. Gagamutin ko pa 'tong mukha ko. Tsk. Sinira ni Kuya gwapo kong mukha."

"Gusto mo ba tulungan kita? Lagyan natin ng dahon ng bayabas 'yang mukha mo."

"Wag na. Ako nalang," pagtanggi niya.

"Arte. Pero sana mag-usap kayo ni Kuya mo, ah? Kung anong sabihin niya papasukin mo nalang sa kabilang tainga tapos labas sa kabila. Ganun na lang. Tapos sabihin mo sa kanya ang problema mo."

"Hindi ko alam," napailing siya "Galit pa rin ako sa kanya. Sige na at papasok na ako."

"Wait!" pagpigil ko sa kanya "Friends na tayo?"

"Hindi." mabilis niyang sagot kaya napakunot ako ng noo "Pero pag-iisipan ko."

"Pero kung pumayag ka. Okay lang sa'yo na maging friend ako kahit na plastic at snob ako sa personal?"

Natawa na naman si Klyde. Shete. Ang fugi niya tumawa "Ba't mo ba sinasabing plastic ka at snob sa personal 'e ikaw nga unang kumakausap sa mga tao rito sa mansion?" sagot niya "But anyway, ayos lang sa akin. Plastic din naman ako at snob sa personal."

"Ayos!" napataas ako ng kamay "Apir tayo diyan! Magiging magka-berks pala tayo."

"Ayoko. Hindi ako nakikipag-apir sa may sayad."

"Lah. Arte. Akala mo naman walang sugat at hindi duguan ang mukha. Whateverness. Ge pumasok kana sa mansion at gamutin mo na mukha mo." ngumiti ako "Pero masaya ako. At least nakapag-usap tayo."

"Ako hindi masaya. Nakausap ko kasi may sayad, e." natawa na naman si Klyde "But you are pretty cool." napahagikgik ako "Ba't natawa ka diyan?"

"Parehas kasi kayo ng sinabi ni Klode. Sinabi niya rin kasi sa akin na ang pretty ko at cool pa. Hehehe." naging malamig ang tingin ni Klyde nang mabanggit ko ang name ni Klode "Galit ka talaga sa kambal mo?"

"I have no response."

"Minumura mo ba'ko?" pagtatanong ko.

"Hindi."

"Pero usap din kayo ni Klode, ah? Kasi nabanggit niya sa akin nami-miss niya 'yung bondingness niyong dalawa, 'e." hindi kumibo si Klyde "Pero ilang taon na si Klode?"

"Ha? 18-year old din. Katulad ko lang."

"Kelan birthday mo?" muli kong pagtatanong.

"July 14." maiksi niyang sagot.

"'Eh kay Klode?"

"Seryoso ka sa tanong mo?" seryoso niyang sagot.

Tumango ako, "Yesness!"

"August si Klode. Isang b'wan pa siyang nanatili sa tiyan ni Mommy nang mailabas ako." sagot ni Klyde kaya napatango-tango ako "Crap. Dumudugo na naman ilong ko. Papasok na ako."

"Sige! Ingat. Goodnightness!"

Lumapit sa akin si Klyde saka marahan na pinitik ang noo ko, "Stop adding ness word in every word that you're saying, silly." napangiti si Klyde "You proved me wrong. Siguro mali lang ako ng pagkakaintindi sa sinabi ni Lolo. Maybe he didn't pay you just to marry Kuya Elton. Maybe he wants you to marry Kuya 'cause he sees you as an incredible woman." tuloy-tuloy na pag e-english ni Klyde "And I just realized one thing. If Kuya Elton doesn't want to marry you? I gladly will."

"Ha?" pagsasalita ko "Hindi ko na-gets. Ulitin mo nga. Best in English ako pero 'wag naman sunod-sunod na english ang sasabihin mo."

Napailing si Klyde, "Wala. Sabi ko may sayad ka." muling pinitik ni Klyde ang noo ko "Goodnight, Promdi Girl." tapos 'nun tumalikod na siya at lumakad papasok sa loob ng mansion.

Napangisi ako nang mawala na si Klyde sa paningin ko. Pakiramdam ko kasi naging okay na kaming dalawa matapos ang eksena sa pagitan nilang dalawa ni Elton kanina. Okay naman pala si Klyde kausap, e. Sadyang nahusgahan ko lang agad siya. Minsan talaga hindi magandang hinuhusgahan ang karakter ng isang tao kapag hindi pa ito nakikilala ng lubusan. 'Yung akala kasi nating masasamang tao 'e hindi pala dahil may matindi lang siyang problema.

Napansin ko rin na lalong dumugo 'yung mukha ni Klyde. Siguro na-nosebleedness siya sa pag e-english niya. English pa kasi ng english kitang 'di naman pala sanay. Hindi ako gayahin na kapag nag-e-english 'e hindi dinudugo ang ilong. Sasabihin ko nga next time kay Klyde na magbasa siya ng maraming english novels para masanay siya sa mga english wordness at 'di na siya duguin ng lubusan.

Pero hinihiling ko rin na sana na maging ayos na si Klyde at Klode. 'Yung maging smoothness na ulit ang trato nila sa isa't isa at wala ng galit si Klyde sa kakambal niyang hindut na bayot. Sigurado akong ang cuteness lang tignan kapag nakita ko silang magkasama. Ang cuteness kasi kapag may makikita kang kambal na overness ang closeness, 'di ba? Uhm, basta. Gagawa ako ng paraan para maging maayos sila. Hindi ako titigil dahil nga pakielamera ako.

"Ay! Lechugas. 'Yung mga labahin ko!!" napasigaw ako nang makita kong tapos na ang pag ikot 'nung washing machine. Matatapos na rin ako sa paglalaba.

Nagpunta lang ako rito sa labahan area para sana maglaba pero ang dami na nangyari. Medyo naging okay na rin kami ni Klyde at nasermonan ko ng bongganess 'yung timawang Super Sayans. Mwahaha.

Pinagdadasal ko nalang na sana maging okay na silang lahat para happy na ang life.

-

Lumipas na ang mga araw at ganun pa rin ang buhay. Magaling pa rin ako sa english. Snob pa rin ako sa personal at pinaplastic ko pa rin ang mga tao rito sa mansion. I'm so boredness na talaga dahil paulit-ulit nalang ang nangyayari sa akin. Gusto ko na talaga mag workness pero nahihiya naman ako itanong kay San Goku 'yung

trabaho na sinasabi niya dahil nga sa sermon ko sa kanya nakaraan. Pero hayaan na. Saka ko nalang siya kakausapin tungkol 'dun kapag feelness ko na.

"Majinbu! Catchness!" sigaw ko kay Majinbu saka ko ibinato sa malayo ang bolang maliit. Naglalaro kaming dalawa. Binabato ko 'yung bola saka naman niya ito kinukuha. Para siyang aso. Asong-biik.

Nasa garden kami ngayon ni Chris habang pinanonood ko si Chris mag color sa coloring book niya. As usual 'di pa rin nagsasalita si Chris. Pero at least 'di na siya dedma sa akin. Kapag kinakausap ko kasi siya marunong na siyang tumango at umiling. Improvingness, 'di ba? Kasi kung 'di niya ako sasagutin malapit lang ang swimming pool sa gawi namin. Pwede ko siyang itulak kahit anong oras. Chos.

Si Klode naging busy sa school kasi malapit na raw ang exams nila. Pala-aral pala ang hindut na bayut kaya todo aral siya. Si Majinbu tuloy walang choiceness kundi ako ang palaging lapitan. Pero snob pa rin ang malanding biik kapag nasa mansion si Klode. Paborito na rin kasi siya ni Klode, e. Tse. Walang forever sa kabayo at biik. Mabibigo lang kayong dalawa.

"Ma'am, pinapatawag po kayo ni Sir Elton sa library." pagsasalita ni student nang bigla siyang sumulpot galing kung saan. Nakaraan todo pasalamat sa akin si student dahil sa pagtatakip ko sa kanya nung mawala si Chris. Sabi ko ayos lang 'yun. Ganun ang mga snob sa personal at plastic. Matulungin sa mga nangangailangan.

"Bakit daw?" kunot noo kong tanong "Anong meron?"

"Hindi ko po alam. 'Yun lang ang sinabi niya sa akin, e."

"Bahala kamo siya diyan. Siya may kailangan siya ang lumapit." pagtataray ko "Ang mga snob sa personal 'di lumalapit kapag tinatawag sila. 'Di ba, Chris?" tumango si Chris "O, kitams. Agreeness si Chris. Apir tayo diyan." pero hindi naman umapir si Chris. Nabitin lang sa ere ang kamay ko.

"Ako na aapir sa inyo, ma'am." sabi ni student tapos siya nga ang umapir "Apir, ma'am!"

"Etchosera 'to!" napahagikgik siya.

"Pero, ma'am tawag talaga kayo ni sir Elton."

"Ayoko kamo."

"'E, ma'am, sabi ni sir Elton kapag 'di kayo pumunta sa library matatanggal ako sa trabaho."

Agad akong tumayo, "Pisting yawa talaga 'yang timawa na 'yan. Oo na. Pupunta na."

sabi ko "Bantayan mo pala si Chris, ah? Baka mawala na naman 'yan. Saka pala 'yung malanding biik na 'yun!" tinuro ko si Majinbu na nakahiga na sa damuhan na akala mo nag sa-sunbathingness "Bantayan mo 'yung biik. Malandi 'yun. Baka landiin niya 'yung aso ni Chris."

Napahagikgik na naman si student, "Sige, ma'am."

"Goodness!" sabi ko saka na lumakad papasok ng mansion.

Si Lolo Andres bihirang umuwi rito sa mansion. Talagang todo hanap siya kay Erwin. Sana lang din makita na niya si Erwin. Kawawang matanda kasi, e. Napapagod na 'yun panigurado. Sana lang 'di maubusan ng pag-asa si Lolo A sa paghahanap sa nawawala niyang apo. Nasaan ka ba Erwin?

Si Klyde naman pala bihira kong makita. Pero kagabi naman sabay kaming kumain ng hapunan dalawa. Improvingness, 'no? Naghihilom na rin ang sugat sa mukha niya. Pala-ngiti rin si Klyde kapag kausap ako. Palaging nakatingin sa akin at palaging tumatawa sa kwento ko. Pero hihinto lang siya ng pagtawa kapag may miyembro ng pamilyang falcon siya na nakikita. Especially kapag si Klode ang nakikita niya. Hindi ko pa rin mawari kung anong problema nilang dalawa. Bahala sila. Chos.

Nakarating na ako sa library na sinasabi ni student kung nasaan si Elton. Improvingness 'din ako, 'no? Bihira na ako maligaw sa mansion. Medyo nasasaulo ko na ang bawat sulok ng mansion. Natatakot lang ako magpunta ulit 'dun sa labahan area baka may mangyari na naman, e. Baka si Kuya Rudolf na asawa ni Ate Betty na mataba ang maabutan ko 'dun. Nakakatakot.

Pumasok na ako sa loob ng library. Wala ng katok-katok dahil ang mga snob sa personal hindi marunong kumatok. Pag pasok ko wala namang tao. Pero dumiretso pa rin ako. Sinuri ko nalang 'yun mga libro na maayos na nakahanay sa cabinet. Siguro may kinuha lang si San Goku at babalik na rin 'yun.

Nang makarinig ako ng mga boses napatigil ako sa tinitignan kong libro. Itinuon ko nalang ang pansin ko sa may pintuan saka ito bumukas. Iniluwa ng pintuan si San Goku at isang lalaking parang pamilyar.

Nakangiti ng bahagya si San Goku habang may kinukwentong nakakatawa 'yung lalaking pamilyar na kausap niya. Napatigil lang silang dalawa nang mapansin ako.

"Mabuti naman pumunta ka kaagad dito." paninimula ni Elton pero hindi ko siya pinansin.

Napatigil ang mga mata ko sa lalaking nasa harapan ko ngayon. Oh my goshness. Hindi ko inaasahang muli kaming magkikitang dalawa.

Napatitig din si kuyang pamilyar sa akin na halatang hindi niya rin inaasahan na makikita niya ulit ako.

"Kuyang Manhid?" gulat na pagsasalita ko "Si Kuyang manhid na nakasabay ko sa bus?"

"Ateng iyakin?" gulat pero nakangiti na sagot naman ni Jonas "Si Ateng iyakin na mahilig sa suman ikaw ba 'yan?"

"Ako nga!" tuwang-tuwa na sagot ko.

"Ako nga rin!" saka siya lumapit sa akin at yinakap ako ng mahigpit.

Ramdam na ramdam ko na tuwang-tuwa siya na nakita niya ulit ako sa hindi inaasahan na pagkakataon.

"Waah! Ateng iyakin. Nagkita ulit tayo. Penge ako 'nung suman mo. Paborito ko na 'yun!" parang bata niyang pagsasalita. Nag cuteness tuloy siya bigla. Tumatalon-talon pa siya habang yakap-yakap ako.

"Ehem," napahinto lang siya nang mag-ehem ang San Goku "Magkakilala kayong dalawa?" nagtatakang tanong ni Elton.

Todo ngiti si Jonas saka ako inakbayan, "Yes, bro." sagot niya saka tumingin sa akin at muling tumingin kay Elton "Girlfriend ko 'to, e."

"HA?" sabay naming sagot ni Elton kaya bumulalas ng tawa si Jonas.

Girlfriend? Girlfriend niya raw ako? Teka. Hindi pa niya ako nililigawan, ah. Ang mga snob sa personal hindi easy to get, 'no!

==========

Chapter 11

Pakibasa muna 'tong sasabihin ko bago magbasa. H'wag excited. Haha!

First, joke lang 'yung magkaiba ang birthday ni Klyde and Klode. Shunga lang si Althea kaya 'di niya na-gets 'yung hidden joke 'dun. Bobita kasi.

May fan page na ang That Promdi Girl sa facebook. Search niyo lang ang title then click like. 'Dun ako mag po-post ng mga annoucements about the story so please like para updated kayo.

Last, mukhang may pambato na kayo kay Althea, ah. Suggest kayo ng shipper name nila. Wahahaha.

Salamat din sa mga comments. Sana tuloy-tuloy mga comments niyo para tuloy din ang everyday updates ;)

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 11.

Sa totoo lang nawala na talaga sa isip ko si Jonas. Hindi ko na siya masyadong inisip simula nang dumating ako rito sa mansion ng mga uwak. Kahit kasi natuwa ako sa kanya 'nung una kaming magkakilalang dalawa 'e nawalan na rin ako ng pag-asa na muli ko siyang makikita dahil nga ang laki-laki ng Maynila. Masyadong impossibleness na muli kaming magtagpo at muling magkita ang dalawang pusong pinaghiwalay ng tadhana—chos! Kaya ngayon 'di ko maalis sa sarili ko ang hindi kiligin nang makita ko 'yung pala-ngiti niyang labi. Kilig na kilig talaga ang ma'am niyo mga students.

Sino nga naman ang mag-aakalang magkikita ulit kaming dalawa nitong si Kuyang manhid sa pamamagitan ni San Goku? At sino rin ang mag-aakalang ang aburido, iritado, pero matambok ang pwetan na si San Goku 'e kaibigan pala 'tong palangiti, manhid, pero gwafung si Jonas? Inakala niyo ba 'yun? Ako kasi hindi, e. Ang mga snob sa personal kasi hindi dapat nag-aakala.

Masaya kaming nag-uusap ngayon ni Jonas habang magkatabi kami sa upuan. Nasa library pa rin kaming tatlo nila Elton. Si Elton naman ay nasa harapan namin nakaupo at tahimik lang na nakamasid sa aming dalawa habang seryoso ang mukha at nakataas ang kilay na parang may hindi nagugustuhan. Haterness talaga ng buhay ko

'to, e. Pero dedmaness na sa kanya. Ang mga snob sa personal dapat walang pakialam sa haterness.

"Ikaw kung anu-anong pinagsasabi mo, ah! Anong girlfriend ka diyan? Hende ke pe nge nenlelegew, e." sinuntok ko pa ng bahagya 'yung braso ni Jonas saka ako na pa-tuck ng hair sa aking ear dahil pinipigilan ko ang kilig ko. Naging pabebe rin ako magsalita. Amputs. Ba't nagiging pabebe ako nang dahil kay Jonas?

Natawa na naman si Jonas. Kanina pa siya tawa ng tawa habang nag-uusap kami. Pati simpleng pagtango ko at pag-iling tinatawanan niya. Nakakatawa ba ako kausap o sadyang may sayad lang talaga 'tong si Jonas? Ang gwafu pa naman niya. Sayang lang kung magkakasayad siya.

"I'm kidding, okay? Nagbibiro lang ako kanina. Gusto ko lang makita 'yung magiging reaction mo kasi palaging priceless, e." sabi niya habang tawa ng tawa "Besides, natuwa lang talaga ako dahil muli tayong nagkita. Nanghinayang nga ako na hindi ko kinuha 'yung number mo bago tayo maghiwalay 'nun. But, look. Muli tayong nagkita. I think It must be a destiny." tumaas-taas pa ang kilay niya.

"Destiny ka diyan!" sinuntok ko ulit ang braso niya "Pati ang destiny's child na kumanta ng brown eyes 'e dinadamay mo. Saka 'di ko rin naman ibibigay number ko sa'yo, 'no. Hindi kaya ako easy to get. Hehe."

"Hindi ko naman sinabing easy to get ka. I just find you adorable and funny to talk with. Nawala kasi 'yung pagod ko sa byahe 'nung magkausap tayo." ngumiti si Jonas. Amputs. Ang puti ng ngipin niya. "Pero seryoso, na-miss talaga kita. Na-miss ko rin 'yung suman mo."

"Talaga adorable ako?" masaya kong tanong kay Jonas.

Tumango siya, "Yes. Super adorable."

"Hehehe. Adorable nga ako," saka ako napakamot ng ulo "Pero ano ba tagalog ang adorable?"

Napatitig si Jonas sa akin saka biglang napatawa, "Pfffttt." pag-impit niya sa tawa niya "Hahahahaha."

Naningkit ang mga mata ko, "Anong nakakatawa?" sinuntok ko tiyan niya. Amputs ulit. Ang tigas ng tiyan niya. Mukhang may abs din siya, ah. 'E v-line kaya meron din?

Umiling siya, "Wala. I told you ang sarap mo lang kausap. Nakakawala ka ng stress."

Napahawak ako sa magkabila kong pisngi, "Ihhhhhh. Kanina mo pa ako pinupuri. Baka sa sunod niyan sasabihan mo na akong ang ganda-ganda ko, ah. Sabihin mo na agad para hindi ako mabigla."

"Don't worry hindi ko sasabihin," sinamaan ko siya ng tingin "Hahaha. Eto naman galit agad."

Napatigil lang kaming dalawa ni Jonas sa masaya naming pag-uusap nang may kampon ng mga super sayans na nanggaling sa planeta ng mga aburido, iritado, pero matatambok na pwetan ang nag ehem. Sabay kaming napatingin ni Jonas kay Elton na hanggang ngayon nakataas pa rin ang kilay at, as usualness, iritado na naman siya. Ano bang problema nito sa buhay niya?

"Andiyan ka pa pala San Goku? Akala ko lumabas ka na. Hindi ka na kasi namin napansin." sabi ko kay Elton at ang walangyang timawa inirapan lang ako. Haterness. Haterness ka.

"Oo nga, bro. Ba't nananahimik ka diyan? Sumali ka kaya sa usapan namin." saad ni Jonas.

"Really? Paano ako makakasali sa usapan niyo 'e for a moment parang bigla kayong nagkaroon ng sariling mundo na exlusive lang para sa inyong dalawa." sagot naman ni Elton.

"Buti alam mo," pabulong kong sagot "Saka bawal sa mundo namin ni Jonas ang mga super sayans. Kung gusto mong sumali sa mundo namin dapat mag boxer ka lang." napahagikgik ako sa sarili ko.

"May sinasabi ka ba, Promdi Girl?" baling sa akin ni Elton. Naglalabas na ng pulang laser ang mata niya na tatama na sa akin any momentness.

Umiling ako, "Wala, 'no. May narinig ka ba? Ikaw ata may sayad sa ating dalawa, e." sagot ko kaya napatawa na naman si Jonas. Ihhhh. Ang fugi tumawa ni Jonas.

"Seriously, how you guys met?" pag e-english ni Elton. Meged. Nag e-english na naman siya. Minumura ba niya kami?

"Sa bus—"

"Minumura mo ba kami? Aba, hindi ka lang na-joiness sa usapan nagmumura ka na."

Sabay kaming napasagot ni Jonas pero napatigil siya nang dahil sa sinabi ko. Binalingan niya ako ng tingin.

"Haha. Hindi niya tayo minumura. Tinatanong niya kung paano tayo nagkakilala," sabi ni Jonas sa akin saka siya tumingin kay Elton "Remember 'nung pumunta ako sa province para i-check 'yung mga orders natin? Noong pauwi na ako nakilala ko si Althea. Nakasakay ko siya bus at nabagsakan niya ako ng maleta sa mukha," natawa si Jonas. Pero hindi 'yung tawang nakakainsulto kundi 'yung tawang totoo at masaya "There, we met each other. Tinatarayan niya ako pero in the end naging smooth

usapan namin. Nawala ang pagod ko nang dahil sa mga kwento niya na wala akong ibang ginawa kundi tumawa ng tumawa."

Tumingin si Jonas sa akin na may ngiti sa labi niya, "Kaya nung naghiwalay kami sa terminal ng bus I immediately wished na sana muli kaming magkita. And who would have thought na magkikita nga kami ulit at nang dahil pa sa'yo, bro?"

"Ang manhid nga nitong si Jonas 'e. Ang bigat kaya 'nung maleta ko pero tulog pa rin siya. Kaya kuyang manhid ang tawag ko sa kanya 'nun." natawa ako habang seryosong nakatingin lang si Elton "Tapos, inubos niya pa 'yung suman ko. Sarap na sarap siya sa home-made suman ko, e. The bestness, 'no?"

Napatango si Jonas, "Oo, grabe. The best talaga 'yun. Ang sarap. Kaya bigyan mo ulit ako 'nun, ah?" tumango ako "Saka alam mo ba, bro? Itong si Althea ang epic. Iniyakan 'yung kasal na palabas sa TV ng bus. Ang dahilan niya—ouch!" napahinto sa pagku-kwento si Jonas nang bigla ko siyang kurutin.

"Wag mo na ikwento 'yun. Secret lang natin 'yun." sabi ko sa kanya.

Napatango-tango siya saka ngumiti, "Ahhh. Okay. It's a secret between the two of us then."

Nilapit ko ng bahagya mukha ko sa kanya, "Minumura mo ba ako?"

"Hahaha. No. Hindi ako nagmumura." mabilis na sagot ni Jonas "Sabi ko, sige secret natin 'yun dalawa kaya 'di ko na ikuwento kay Elton. Ayos ba?"

"Ayos!" sabi ko "Apir tayo diyan." saka kaming dalawa nag apir. Napatingin ako kay Elton "Gusto mo rin maki-apir? Bilisan mo bago pa magbago ang isip ko. Ang mga snob sa personal na gaya ko mabilis magbago ang isip baka akala mo."

Sinamaan na naman ako ng tingin ni Elton, "No thanks. I do not do high five with crazy promdi girl."

Napatingin ako kay Jonas, "Anong sabi niya? Ang hina, 'e. Kaya 'di ko narinig ng maayos."

Natawa si Jonas, "Ang hina o hindi mo lang naintindihan." nakangiti niyang sagot "Sabi niya hindi raw siya nakikipag-apir. Hayaan mo 'yang si Elton. Kill joy talaga 'yan. Tayo nalang mag apir." saka kami muling nag-apir ni Jonas. Tapos bigla siyang tumingin kay Elton at naging seryoso ang tingin niya na parang may pinangangahulugan.

Muli akong binalingan ng tingin ni Jonas, "Nabanggit mo sa akin 'nun na trabaho ang ipinunta mo rito sa Manila. So, ano work mo rito sa mansion? Yaya ka ba ni Chris?"

Sasagot na sana ako kaso biglang nagsalita si Elton, "She's my fiancé actually. Lolo Andres decision."

"Woah. Seryoso? No trolling, bro?" hindi makapaniwalang sagot ni Jonas "But, how about Jennina?"

"Just because she's my fiancé does not mean I'm gonna marry her for real," naging seryoso ang mukha ni Elton "Hindi 'yun matutuloy dahil si Jennina ang mahal ko. Ang kasal ay sagradong batas. Hindi mo dapat basta-basta pinapakasalan ang taong hindi mo mahal."

Ewan ko ba pero kahit hindi ko naintindihan 'yung english na sinabi ni Elton bigla nalang akong napangiti 'dun sa huli niyang sinabi. Parehas pala kami ng opinion tungkol sa kasal. Na ang kasal ay isang sagrado at banal na batas na dapat parehas na mahal ng dalawang tao ang isa't isa bago sila magpakasal. Na ang kasal ay hindi basta-basta ginagawa. Kahit papaano naging proudness ako kay Elton nang sinabi niya 'yun. Kahit pala aburido, iritado, at matambok ang pwetan niya alam niya pa rin irespeto 'yung kasal.

"So, what about her?" pagtuturo sa akin ni Jonas "What are you going to do with her?"

Hindi agad sumagot si Elton. Ako ang binalingan niya ng tingin.

"Promdi, iwanan mo muna kaming dalawa ni Jonas. Mag-uusap kami about work." tugon niya.

"Ay, ano ba 'yan. Tss. Boringness." tumingin ako kay Jonas "Paano ba 'yan aalis na ako."

"Sure! Bago ako umalis mamaya pupuntahan kita," nakangiting sagot ni Jonas sa akin.

"Talaga?" masaya kong sagot "Sige. Para next time bibigyan na kita ng suman."

"Ayun! Sa wakas muli kong matitikman ang suman mo. Asahan ko 'yan, ah?"

"Of coarseness!" proud kong sagot saka na nagpaalam sa kanya.

Palabas na ako ng pintuan nang mapahinto ako dahil bigla akong tinawag ni Elton.

"Bakit?" baling ko sa kanya.

"Suman." maikling sagot ni Elton.

Napakunot ang noo ko, "Ano? Anong suman?"

"Ehem," napaubo si Elton "Suman." pag-ulit niya.

"Anon gang meron sa suman. Suman. Ano kaya 'yun. 'Yun lang sinasabi niya. Timang ka ba?" iritado kong sagot dahil 'di ko ma-gets 'yung gusto niyang sabihin o ano ang sinasabi niya tungkol sa suman.

"I want to taste your suman, too." napa-english na naman si Elton.

"Dakyu ka rin. 'Wag mo kong murahin. Tse!" sigaw ko sa kanya saka tumalikod na at lumabas ng library.

Shungang San Goku 'to. Hindi ko talaga mawari ng maayos ang ugali ng bwisit. Una sasabihin ang suman na 'di ko naman maintindihan kung anong meron 'dun sa suman. Tapos susunod mumurahin na ako. Wow, ah. Kung hindi lang matambok ang pwetan mo at ang sexyness mong tignan kapag nakahapit na boxer ka lang na suot 'e matagal na kitang binugbog.

Makabalik na 'dun sa garden at baka kung sinu-sino ng hayop ang nilalandi ni Majinbu. Baka pati mga langgam na makita niya sa garden 'e nilalandi na rin ng biik na 'yun.

Pero hindi ko rin matanggal ang ngiti ko dahil muli kaming nagkita ni Jonas. Malakas tuloy ang kompyansa ko na magkaka-lovelife na ako. Nakaka-exciteness. Ano kaya magandang tawagan namin sa isa't isa kapag nagkataon? Mhie at Dhie? Baby suman? O wifey at hubby? Napahagikgik nalang ako sa sarili ko mag-isa.

ELTON'S POV

"You're too harsh to her. I didn't quite like it, bro."

Jonas spoke as soon as that Promdi Girl left the library. I looked back at him and he also looked at me with a serious face. It was obvious that he didn't like how I treated that Promdi Girl infront of him. Kasalanan ko ba? 'E sa hindi ko talaga feel 'yung babae na 'yun. Kahit na sabihin na natin na binayaran siya ni Lolo Andres para lang maging fiancé ko at maging asawa ko in the future. Still, I hate promdi girl like her.

"Hindi ko kasalanan, bro. I have to be mean to her so she could realize where she should stand in this house." I answered Jonas "Bro, papaanong 'di ako maiinis sa kanya kung binayaran lang siya ni Lolo para maging asawa ko? Alam mo ang issue ko

sa mga promdi at mas lalong lumala nang dumating 'yang promdi girl na 'yan sa mansion. She ruined everything. Everything that I planned for Jennina and I."

He was shocked, "Binayaran? Are you sure?" hindi niya makapaniwalang tanong.

I nodded, "Yes. I heard it. I heard that Lolo Andres sent a large sum of money to her before she goes here." I said trying to control my temper "See? She's a gold-digger, bro."

Hindi agad nakapag-react si Jonas. Napatitig lang siya sa kawalan na parang may malalim na iniisip. Pinagmamasdan ko lang siya. Matagal ko ng kaibigan si Jonas kaya alam ko na ang mga ganyang reaction. He was trying to remember something.

He looked at me again, "Kung hindi ka pabor na pakasalan si Althea sana sinabi mo nalang kay Lolo Andres. Hindi 'yung ganun mo tratuhin si Althea. That's too much." seryoso pa rin si Jonas sa 'di ko alam na dahilan kung anong pinaglalaban niya. "She's one of kind, dude. Baka naman na-misjudge mo lang siya. I'm sure. She's not like that. Nakikita mo ba kung paano niya magsalita? She's so innocent. Sigurado akong 'di siya 'yung tipo ng tao na inakaala mo."

"Isang beses mo palang siyang nakasama, dude," sagot ko "Higit sa ating dalawa ako ang mas nakakaalam kung anong klase siyang babae." napahinto ako "Alam mong hindi ko kayang tanggihan lahat ng sinasabi ni Lolo, dude. You know how much I love and respect Lolo Andres kaya 'di ko siya natanggihan nang sinabi niyang may napili na siya para pakasalan ko," napasabunot ako sa sarili ko because of frustration "Kaya kong sundin lahat ng pinag-uutos niya pero not like this. Not to marry someone that I don't love."

"So, anong plano mo?" muling sagot ni Jonas "Anong gagawin mo kay Althea?"

"Pinahihirapan ko siya." sagot ko "Kailangan ko siyang pahirapan para maisip niya nalang na 'di niya kaya ang buhay dito sa Manila at babalik nalang siya sa pinanggalingan niyang probinsya."

Muling napatitig si Jonas sa akin at napailing-iling. Halatang hindi niya nagustuhan ang sinabi ko. Good thing about kay Jonas. Kapag hindi niya gusto ang sinasabi at mga nagiging desisyon ko nananatili lang siyang tahimik at hinahayaan ako sa mga gusto kong gawin. Mukhang close agad si Jonas at 'yung promdi girl na 'yun pero alam kong sa akin panig si Jonas at ako ang kakampihan niya.

"Does Jeninna knows about this?" muling tanong ni Jonas.

I shook my head, "No. At wala akong plano na ipaalam sa kanya. For sure magagalit siya sa akin."

"She won't get mad. Alam mong 'di basta-basta nagagalit si Jennina. We both know that she's too kind."

I smiled when I remembered my beloved girlfriend, "I know. Kaya nga ayokong saktan siya." sagot ko "As much as possible gusto kong matapos 'tong problema na 'to bago pa siya umuwi ng bansa. Ayokong malaman niya 'to dahil sigurado akong kahit masaktan siya 'di niya sasabihin sa akin. Jennina always keep to herself when she's in pain and I hate that. Tama na 'yung mga masasakit na napagdaanan niya at hindi ko na 'yun dadagdagan pa. Her tears are too precious to me."

Nasa ibang bansa si Jennina ngayon. Nasa New York para i-pursue ang modeling career niya na matagal niya ng pinapangarap. Bihira siyang umuwi ng bansa at bihira kaming magkita pero I understand. Susuportahan ko siya sa pangarap niya. Palagi akong naka-support sa kanya kahit anong mangyari. Kapag umuuwi naman siya hindi kami mapaghiwalay dalawa. Shit. I miss her so damn much.

"Let me change the topic," pagsasalita ulit ni Jonas "What do you think of Althea?"

"That Promdi Girl?"

"She has a name, dude." naging seryoso na naman si Jonas. Tumayo siya at nagpunta sa may bintana para sumilip.

"Althea Jose—whatever. Hindi ko maalala buong pangalan niya," sagot ko "What do I think about her? Aside from being a gold-digger. She's noob. Paepal. Bungangera. Pilosopo. May sayad. Plus the fact that she's too dumb."

"Dumb?" pagtatanong ni Jonas. Hindi siya nakatingin sa akin dahil naka-fixed lang sa bintana ang mga mata niya na parang may pinanonood. "Yea, you're right. She's dumb." sabi niya habang may ngiti sa labi niya.

"Yap! Noob and dumb." sagot ko at tumayo na rin para tignan kung ano man 'yung tinitignan ni Jonas.

Pag silip ko sa bintana nakita ko si promdi girl na nasa garden at hinahabol 'yung biik na alaga niya. Nang mahabol niya ito bigla niya itong hinawakan sa katawan at saka kiniliti. May kiliti ba ang mga biik? May sayad talaga 'yang promdi girl na 'yan. Sino bang matinong tao ang gagawing alaga ang biik? Hindi talaga siya matino mag-isip.

"See what I told you? She's dumb." pag-ulit ko kay Jonas.

Tumawa si Jonas, "You know there's this saying that 'The dumb person is actually the kindest, loveliest, and happiest person on earth.'" he said while looking at that promdi girl who crazily playing with her pig. He looks to promdi girl like she's something precious rare item that he actually wants to get and treasure forever. Or am I just mis-judging the situation?

"You talk like you like her. Is she your type?" pagtatanong ko.

Tumingin si Jonas sa akin pero hindi nawawala ang ngiti niya, "What if I do? Who knows."

I punched his shoulder lightly, "Even I do not know your type, still I know you don't like her." I said grinning "Hindi ka mai-inlove sa promdi girl."

Jonas grinned too, "Don't talk like you knew everything, dude."

Napatawa ako, "No, dude. Ikaw ang wag magsalita na parang alam mo ang alam. You do not know anything about love. Single ka since birth, 'di ba? Are you gay?" natatawa kong tanong "Minsan nga napapaisip ako nab aka may gusto ka sa akin, e. Dude, binabalaan kita. Wala kang pag-asa sa akin. I don't swing that way." I joked.

"What a thick skin you've got there, Falcon." natatawang sagot ni Jonas "Sige nga. This is might sound gayish but what you know about love?"

"Love is when you imagine your future with the girl you want to spend your life with." mabilis kong sagot dahil ito ang definition ko ng pagmamahal. I always imagine my future together with Jennina.

Napailing si Jonas, "Let me tell you one thing, Elton." He started "Being in love with the idea of love itself and being in love with a certain person are two different things." He said "Love is not a responsibility to anyone. It is a feeling that you just feel freely."

"I don't get you." I answered confusedly.

"Told you. You didn't know anything about love."

"I did. I love Jennina with all my heart."

Napangisi si Jonas, "Suit yourself." sagot niya habang nakangisi.

May mga times talaga na hindi ko ma-gets ang sinasabi ni Jonas. He's so deep. He's so poetic. Hindi siya marunong mag direct to the point. He always beats around the bush. Kaya hindi ko rin maintindihan kung bakit kami naging mag bestfriend dalawa since college days. Ah, I remembered. Siya ang nagpakilala sa akin kay Jennina. Childhood friends kasi silang dalawa.

Muling tumingin si Jonas kay Promdi girl na ngayon naman tinalian ang mga paa nung alaga niyang biik kaya hindi ito makagalaw. Tawa ng tawa si Promdi girl sa ginagawa niyang katangahan. Ano bang nakakatawa 'dun? Pinapahirapan niya lang 'yung biik.

Bigla ko narinig na napatawa si Jonas habang titig na titig kay Promdi Girl, "She's too innocent." sabi niya habang pinipigilan na lumakas ang tawa niya.

He stared at Promdi Girl like he's going to fall very soon.

==========

Chapter 12

Enjoy! 'Wag kalimutang mag komento at bumoto sa kwelang kwento ng babaeng pinaka-bobita sa mundo ng wattpad. Mwahahaha.

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 12.

Kakasimula palang ng umaga ko pero sinira na agad ni San Goku. Gusto niyo malaman kung bakit? Ayoko sabihin. Ang mga snob sa personal ay hindi nag ku-kwento kung bakit sila naiinis. Pero kung pipilitin niyo ako pwede ko pa rin namang sabihin. Ang mga snob sa personal kasing gaya ko ay nag ku-kwento rin minsan kung bakit sila naiinis 'dun sa super sayans na may pangalang Elton Alexander Falcon na aburido, iritado, suplado, pero matambok ang pwetan.

Bakit ako badtrip sa kanya ngayong umaga? Simple lang. Sinira niya kasi ang magandang panaginip ko. Itatanong niyo rin ba kung ano ang panaginip ko? Ihhhhhhh. Naman kasi, e. Gusto niyo talaga malaman? Ikinakasal lang naman kami ni Jonas. Ihhhhhhh. So, ayun nga. 'Yung panaginip ko kinakasal kaming dalawa ni Jonas. Ang fugi niya sa suot niyang barong-tagalog na kulay puti habang ako naman ang prettiness ko sa suot kong mahabang puting gown. Kilig na kilig talaga ako sa panaginip ko dahil 'dun at kahit ngayong gising na ako kinikilig pa rin ako dahil sa kagwapuhan ni Jonas.

Pero lahat ng momentness na iyun ay nawasak ng pati si San Goku ay sumulpot sa napakaganda kong dreamness. Mag ki-kiss na sana kaming dalawa ni Jonas kaso bigla itong nabitin nang biglang bumukas ang pintuan ng simbahan. Iniluwa nito si Elton na pawis na pawis na tanging boxer lamang ang suot kaya biglang napa-sign of the cross ang pari nang makita niya ang sexyness na katawan ni Elton.

"Stop this wedding!" pag e-english ni San Goku. Seryoso siyang nakatingin sa aming dalawa ni Jonas habang pawis na pawis siya na parang tumakbo siya ng mabilis makapunta lamang dito.

Pisting timawa 'to. Hanggang simbahan ba naman minumura niya kami?

"Anong kalokohan 'to, San Goku? Ang ganda rin ng timingness mo 'e no? Kung kailan mag ki-kiss na kami ni Jonas saka ka susuplot. Ayos. The bestness ka. Ang sarap

mong bangasan." Iritado kong sigaw sa kanya sa panaginip ko.

"Hindi ako makakapayag na halikan mo si Jonas at matuloy 'tong kasal na 'to." buong loob na sagot niya sa akin "Ako ang mahal mo, 'di ba? Ako ang papakasalan mo, 'di ba? Pero bakit si Jonas ang kasama mo ngayon sa harap ng altar imbis na ako?" nagulat nalang ako bigla nang magtubig ang mga mata ni Elton. Mukhang paiyak na siya.

"Totoo ba 'to, Baby suman?" napatingin ako kay Jonas dahil nagsalita siya "Siya ba ang mahal mo?"

Hindi ako nakasagot sa tanong niya. Nanuyo bigla ang lalamunan ko. Kitang-kita ko na biglang nalungkot ang mukha ni Jonas. Pero kahit ang lungkot na ng mukha niya nananatili pa rin siyang gwafu. Paano niya kaya nagagawa 'yun?

"Ayoko ng pakasalan ka." muling nagsalita si Jonas na siyang naging dahilan ng pagkawasak ng buong mundo ko. "Manloloko ka. Two timer ka, Baby suman. Sinaktan mo ako!" huli niyang pagsasalita saka siya nag walk-outness at iniwan ako sa harapan ng altar.

"NO!!" buong lakas kong sigaw para patigilan siya "Hindi 'yun totoo, baby suman ko. Hindi siya 'yung mahal ko kundi ikaw. 'Yung kiss natin hindi pa natutuloy. Bumalik ka rito!!" pero kahit anong sigaw ko hindi siya tumigil sa paglalakad hanggang mawala na siya sa paningin ko.

Narinig kong tumatawa si Elton kaya binaling ko ang tingin ko sa kanya. 'Yung mukha niya kanina na mangiyak-ngiyak na ay napalitan ng mukhang nang-iinsulto. Nakangisi na ngayon ang timawang super sayans na sumira ng maganda kong kasal.

"Hindi kita hahayaan na maging masaya." pagsasalita ni Elton "Ang mga tulad mong Promdi Girl ay dapat hindi ikinakasal. Bwahahaha." tapos unti-unti nang nawawasak ang simbahan. Nalaglag pa nga sa akin 'yung malaking cruz na nakasabit sa dingding, e.

Ayun ang kwento ng panaginip ko at kung bakit ang aga-aga 'e badtrip na agad ako 'dun kay Elton. Hanggang panaginip ba naman wala siyang magawang matino? Hanggang 'dun sisirain niya ang dreamness kong maikasal sa isang gwafung lalaki. Jusme. Jonas na naging bato pa. Kasalanan itong lahat ni Elton. Dahil sa ginawa niya hindi ko siya mapapatawad. Ipagdadasal ko na sana mas lalong tumambok ang pwetan niya hanggang sa wala na siyang maisuot na boxer at lumabas nalang ng tuluyan ang putotoy niya. Tse.

"Nakakainis talaga siya, Majinbu. Wala talagang mabuting naidudulot sa akin si Elton." pagrereklamo ko sa alaga kong biik na ngayon ay kakagising lang. Kakatapos ko lang din maglinis ng munti kong k'warto.

Sinulyapan ako ni Majinbu saka niya ako inirapan, "Oink! Oink!" sabi niya wala raw siyang pakialam.

"Oo nga naman. Wala ka nga palang pakialam sa akin. Ba't pa kasi kita kinakausap, 'no?" sagot ko kay Majinbu "Higit sa ang baboy mo na kausap. Ang baboy mo mang-snob. Ang baboy mo matulog at kumain. Ang baboy mo mang-irap. At ang baboy mo ngumiti. Ba't nga ba kita kinakausap?"

"Oink!" mabilis na sagot ni Majinbu sa akin. May sayad daw kasi ako kaya kinakausap ko siya.

"Aha! May sayad pala, ah. Pwes. Hindi na kita kakausapin. Maiiwan ka dito sa k'warto ko at lalabas na ako!" sigaw ko sa kanya pero wala siyang reaction "Kapag labas ko makikita ko si Klode. Mag-uusap kaming dalawa at sisiraan kita sa kanya."

Biglang napabalikwas si Majinbu at mabilis na pumunta sa harapan ko. Nakatingin siya sa akin na parang nagpapa-cute 'e ang baboy naman niya magpa-cute. Winawagayway niya pa 'yung putot niyang buntot. Feelingness niya ang cuteness niyang tignan 'e hindi naman. Ang baboy niya kayang tignan.

"Oh? Anong ibigsabihin niyang pagpapa-cuteness mo? Ang baboy mo magpa-cute."

"Oink! Oink!" sagot ni Majinbu. Ang sabi niya baboy naman daw talaga siya.

"Aba, tanggap niya sa ang sarili niyang baboy siya. Proudness to be me lang?" natatawa kong sagot "Tara na sa labas at baka talian ko ulit 'yung mga paa mo. Gusto mo 'yun?"

"Oink! Oink!" ayaw niya raw dahil masakit daw sa mga paa niya.

"Fineness. 'E di hindi na. Choosyness akala mo namang cuteness. Biik na 'to." sagot ko kay Majinbu. Binuksan ko na ang pintuan ng k'warto ko saka lumabas na habang nakasunod sa akin si Majinbu sa likuran ko.

Mabuti nalang saulo ko na kahit papaano at paunti-unti ang bawat daanan dito sa mansion. Bihira na talaga akong maligaw. Kapag may pupuntahan ako madali ko na itong makita. Minsan nga lang naliligaw pa rin ako at 'dun nalang ako nagpapalipas ng gabi. Katulad kagabi sa kusina ako inabutan ng antok kasi 'di ko alam kung papaano makakaalis 'dun. Charot lang. Baka sabihin niyo ang bobita ko, e.

Pag dating ko sa dining area agad ko ng nakita si Klode at Chris na nakaupo at naghihintay ilagay ng mga katulong ang agahan. Parehas silang napatingin sa akin. Si Klode ngumiti habang si Chris naman as usual pipi pa rin este wala pa ring reaction. Pero at least nakikisalamuha na siya, 'di ba? Hindi na alone by Celine Dion ang palaging peg niya sa araw-araw.

"Good morning." bati sa akin ni Klode. "Breakfast tayo."

"Magandang umaga rin," bati ko pabalik saka napatingin sa likuran ko kung anong

magiging reaction ni Majinbu. Pero ang malanding biik nawawala na sa likod ko. Pag tingin ko sa gawi ni Klode andun na agad siya sa harapan nito at nagpapa-cuteness. Winawagayway niya pa ang putot niyang buntok. Biik na 'to ang aga-aga lumalantong na.

"Oh, hi there, Majinbu. Gusto mong mag breakfast?" nakangiting tanong ni Klode kay Majinbu. Tumango-tango naman ang malanding biik habang kumikinang ang mga mata nito na tutok na tutok kay hindut na bayut. Ang aga-aga nilang maglandian sa totoo lang. "Great." binuhat ni Klode si Majinbu at inupo sa mga binti niya. Kilig na kilig naman ang biik. Hindi magkandaugaga sa pag-upo. Napairap nalang ako sa kanilang dalawa. Kabayo at biik. Walang forever sa inyong dalawa.

Umupo naman ako sa tabi ni Chris na nakatingin lang din kay Klode at Majinbu. Nagtataka rin siguro siya kung bakit magkasundo ang dalawa. Naglalampungan silang dalawa sa harapan namin ni Chris na parang 'di kami nakikita sa harapan nila. Maya-maya pa dumating na sa harapan namin ang pagkain. May hotdog, itlog, fresh milk na 'di ko iniinom kasi nga gatas ng birhen na kambing lang ang iniinom ko, tapos may sinangag pa na kulay dilaw. May hepatitis ata 'tong sinangag nila, 'e.

"Anong gusto mo Chris?" tanong ko kay Chris. Tinuro niya 'yung hotdog saka sinangag na may hepa. "Ukieness." sabi ko saka nilagyan sa plato si Chris 'nung itinuro niya.

Sunod ko naman na nilagyan ang plato ko at kumain na rin. Si Majinbu pinapakain siya ni Klode. Sinusubuan ni Klode si Majinbu gamit ang kutsara niya. Napangiti nalang ako sa sarili ko dahil walang arte sa katawan 'tong Klode. Kasi kung iba 'yan 'di sila papayag na malapitan ng isang biik at mas lalong hindi sila papayag na pakainin ito gamit ang ginagamit niyang kutsara.

"Sana gising na si Klyde para makasabay din natin siya." pagsasalita ko habang kumakain.

"Tulog pa siya," sagot ni Klode "Saka hindi 'yun sasabay dahil kasabay mo ako." binigyan niya ako ng matipid na ngiti.

"'E 'yung kuya mong may dilaw na buhok na akala mo kinagwapo niya. Gising na ba?" muli kong pagtatanong.

"Bakit mo tinatanong kung gising na ako? Anong kailangan mo?" bigla akong nanigas ng marinig ko 'yung boses ni Elton.

Pag sulyap ko sa likuran ko nakita ko siyang kakagising lang dahil humihikab pa siya habang kumakamot sa dibdib niyang matigas. Gulo-gulo pa rin ang buhok niya pero damn-ness lang. Ang sexyness niya kahit 'di boxer ang suot niya. Itim na sando at itim na short kasi ang suot niya. All black ang peg. May lamay?

"Ba't ganyan ka makatingin? Para mo kong hinuhubaran, ah?" seryoso niyang tanong nang mahuli niya akong nakatitig sa kanya. Biglang napahagikgik si Klode kaya napairap naman ako.

"Umasa ka, San Goku.Umasa ka para masaktan ka." pabalang kong sagot saka itinuon nalang ang pansin ko sa pagkain ko. Sa gilid ng mata ko nakita kong umupo si Elton sa tabi ni Chris.

"Good morning, baby." bati ni Elton kay Chris. Hinalikan pa niya 'yung ulo ng kapatid niya. Gusto ko rin tuloy magpahalik sa ulo ko. Jokeness lang. "Manang, kape nga!" sigaw niya.

Habang kumakain ako narinig ko na namang nagsalita si San Goku, "Bakit kasabay niyo 'yang biik sa pagkain? Hindi ba kayo nadidiri diyan?"

"Eh kuya-" sasagot sana si Klode pero napahinto siya nang ako ang manupalpal kay Elton.

"Naliligo 'yang alaga kong biik. Malinis 'yan kahit amuyin mo pa," pag entra ko "Ikaw? Ba't ka sumasabay sa amin sa pagkain? Hindi ka naman belongness." napairap ako "Wag mong apihin ang biik ko dahil kahit snob at madalas niya akong dedmahin, mahal ko 'yang si Majinbu." tinignan ko si Majinbu "Kiligin ka Majinbu please." pero ang lechugas na biik walang sagot. Busy sa pagkain ang biik na dedma. "See? Dedma talaga siya, 'no?" baling ko kay Elton.

Napailing-iling nalang si Elton saka uminom ng kape niya. May ibinulong pa siya pero hindi ko narinig. Mabuti ng hindi ko 'yun narinig dahil baka english na naman at baka minumura na naman niya ako.

Naramdaman kong kinalabit ako ni Chris kaya napatingin ako sa kanya, "Ano 'yun, Chris?" itinuro niya 'yung hotdog. "Ah, gusto mo pa? Ukienes." sagot ko saka ko nilagyan ng isa pang hotdog 'yung plato niya. "Kain ka lang ng kain, ah? Para agad kang lumaki at 'di ka magaya sa tao diyan sa tabi-tabi na palaging aburido at iritado pero. . ." napabulong ako "Pero matambok ang pwetan." napahagikgik ako saka tumango si Chris.

Napansin kong napatitig si Elton kay Chris tapos napatingin siya sa akin. Hindi ko alam kung bakit pero parang naguguluhan siya sa aming dalawa ng bunso niyang kapatid. Ba't naman siya naguguluhan? Pero okay lang na maguluhan siya kasi ako nababadtrip naman sa kanya. Siya kaya sumira ng maganda kong panaginip kanina kasama si Jonas. Hay nako talaga.

"Promdi Girl," pagsasalita na naman ni Elton.

Tumingin ako sa kanya, "Ano? Ba't ba kausap ka ng kausap sa akin 'e hindi naman tayo close."

"I wouldn't talk to you if it's not important." seryoso na naman niyang sagot.

"Minumura-"

"At hindi kita minumura." panunupalpal niya sa akin "Isasama kita sa kompanya ngayon."

"Talaga?" hindi ko makapaniwalang sagot "Magkaka-work na ako?"

Tumango siya, "Yap. Kaya ayus-ayusin mo lang. After mo kumain magbihis ka na at aalis agad tayo."

Napatingin ako sa suot ko, "Bakit nakahubad ba ako?" narinig kong napatawa si Klode pero agad din siyang napatigil nang tignan siya ng kuya niya.

"Whatever, Promdi Girl."

"Andun ba sa kompanya niyo si Jonas?" tanong ko kay Elton habang pakiramdam ko kumikinang ang mga mata ko. Kahit ilang araw palang ang lumilipas simula nang makita ko ulit si Jonas nami-miss ko na agad siya. Ang sarap niya kasing kausap 'e unlikeness nitong si San Goku na kapag kausap ko ang sarap niyang ibaon sa lupa una mukha.

Naningkit ang mata ni Elton, "Wala!" seryoso niyang sagot "Trabaho ang ipupunta mo sa kompanya at hindi paglalandi." ininom ni Elton ng diretso 'yung kape niya "Bilisan mo diyan dahil iiwan kita kapag 'di ka pa tapos." sabi niya saka tumayo na at nag walk-out. Sungit forevs ng super sayans.

"Looks like kuya is something. Like he's jealous." napatawa si Klode.

Binalingan ko siya ng tingin, "He's jealous?" balik kong tanong "Di ba Elton pangalan niya? Ba't naging jealous?" naguguluhan kong tanong.

Natawa na naman ang hindut na bayut, "Haha. Nevermind."

Dedmaness nalang ako sa sinabi ni Klode. Ang mga snob sa personal dapat talaga palaging dedma, e.

Nang matapos na akong kumain agad na akong naligo at nag-ayos. Si Majinbu kasama ni Klode at nasa garden sila. Si Klode raw muna ang bahala sa malantong kong biik na halatang gustong-gusto naman ni Majinbu na kay Klode siya maiiwan. Wala raw kasing pasok si Klode ngayong araw kaya mababantayan niya si Majinbu at makakapalantungan silang dalawa buong araw.

Nasa k'warto ko ako ngayon at 'di ko alam ang isusuot ko. May dalawa kasi akong maayos na damit kaya naguguluhan ako kung anong mas nababagay sa kompanya ang gamitin ko kahit na 'di ko pa naman alam ang magiging trabaho ko. Nag suot muna ako ng pambahay saka lumabas ng k'warto habang dala-dala 'yung dalawa kong maayos na damit.

Pupunta ako sa kwarto ni Elton at itatanong ko sa kanya kung anong damit ang mas maayos. Saulo ko na ang papunta sa kwarto niya kaya hindi na ako naliligaw pa. Nang nasa tapat na ako ng pintuan ng kwarto niya hindi ko na nagawang kumatok dahil sa sobrang excitementness na tanungin siya.

Pag bukas ko ng pintuan ng kwarto ni Elton naabutan ko siyang nakatalikod mula sa gawi ko habang walang suot na kahit ano. Mukhang katatapos palang niyang maligo at magbibihis na. Jusko. Kitang-kita ko 'yung makinis niyang likuran. Pati likod ni Elton ang sexyness. Jusko ulit. Nasaang ang kanin?

Biglang napatingin si Elton sa gawi ko at mabilis niyang dinampot 'yung tuwalya saka ito ibinalot sa katawan niya. Agad naman akong napatalikod para kunwari wala akong nakita o hindi ko nakita ang hubad niyang likod.

"Sorry! Sorry! Wala akong nakita, promise!" mabilis kong sagot kay Elton habang ramdam na ramdam ko ang masama niyang titig sa akin. Pinagpapawisan ang buong katawan ko dahil alam kong nadagdagan na naman ang inis ni San Goku sa akin.

"Jesus. Haven't you heard the word knock?" pagalit niyang pagsasalita.

Nakatalikod pa rin ako, "Sorry na nga, e. Nakamura ka naman agad diyan." muli kong paghingi ng tawad kahit naman walang tindahan si Elton at wala siyang binebenta "Saka wala naman akong nakita. Promisness. Wala akong nakita." tumingin ako kay Elton. Ang sama pa rin ng tingin niya sa akin habang may nakabalot ng tuwalya sa katawan niya "Wala talaga akong nakita. 'Yung pwetan mo lang nakita ko. Ang kinis, ah. Anong sabon ang gamit mo? Hehehe."

Mas lalong sumama ang timpla ng mukha niya, "Lumabas ka na nga at magbibihis ako!"

"Hindi ka ba makakapagbihis kapag andito ako?" napayukom ng kamao si Elton "Fineness. Fineness. Mabuti nalang matambok at makinis ang pwetan mo. Tse." sabi ko saka siya inirapan at umalis na ng kwarto niya. Napahagikgik ako mag-isa habang naglalakad pabalik sa kwarto ko.

Napaisip tuloy ako. Ano kayang sabon ang gamit ni Elton? Ang kinis talaga ng balat niya lalong-lalo na 'yung pwetan niya. Nakakainggit talaga. Nakakainis.

Isinuot ko nalang ang kulay itim kong pantalon saka puting blouse. Nag pony tail din ako para mas desente ang ayos ko ngayon. Mukha naman akong maayos sa salamin kaya sigurado akong katanggap-tanggap ang itchura ko. 'Wag lang sana silang magreklamo sa akin dahil Althea Josefa Marinduque na ang mag ta-trabaho sa kanila, 'oh. Mag choosyness pa ba sila? Magiging assetness ako ng kumpanya nila panigurado.

Lumabas na ako ng kwarto ko at naabutan kong nasa sala ng mansion si Klode at Majinbu. Kasama rin nila si Chris na nag kukulay naman sa coloring book niya. Pupunta na sana ako sa gawi nila pero napahinto lang ako nang matanaw ko si Klyde na pababa ng hagdanan. Mukhang kakagising niya lang din dahil magulo pa ang ayos ng

buhok niya. Inaantok pa siya habang bumababa pero nawala ang antok niya nang makita niya ako. Napangisi agad siya habang nagmamadali siyang bumaba papunta sa akin.

"Magandang umaga, Althea. May lakad ka?" tanong niya nang magkaharap kaming dalawa.

Napatango ako, "Yesness. Mag wo-work na'ko sa kompanya niyo." proudness kong sagot "Ikaw? Nag-aaral ka na bang mabuti tulad ng sabi ko?"

Tumango siya, "Oo. Kaya nga ako napuyat kasi nag-aral ako, e." nakangisi niyang sagot "Lahat ng sinasabi mo sinusunod ko."

"Sinungaling ka!" sinuntok ko ng marahan ang balikat niya "Nag party-party ka kaya kagabi kaya napuyat ka. Madaling araw ka na umuwi, e. Akala mo, ah."

Napatawa naman si Klyde. Ka-gwafu niya rin talaga tumawa, "Sorry. Minsan lang naman. Nag-aya lang ang barkada." marahan niyang pinitik ang noo ko "Pero promise. Mag-aaral na talaga ako ng maayos." sabi niya saka siya ngumisi sa akin.

Napahinto ako at napatitig sa mukha ni Klyde na nakangisi. Pansin ko lang na mas guma-gwapo si Klyde kapag ngumingisi siya at tumatawa. Bakit kaya hindi ko iyun napansin kay Klode? Wala kasing dating sa akin kahit tumawa si Klode, e. Si Klyde kapag ngumingisi at tumatawa may impactness sa akin. Mas lalo siyang guma-gwapo sa paningin ko. Ewan ko ba pero basta ganun ang feelness ko sa batang 'to.

"Titig na titig ka sa akin, ah. Gwapong-gwapo ba?" natatawang sabi ni Klyde saka nag pogi sign pa.

"Hala ka. Ang falcon family talaga puro mahihilig umasa." sagot ko saka napatawa na rin.

"Promdi Girl, okay ka na?" biglang sumulpot si Elton galing kung saan. May dala siyang baso ng tubig. Hindi siya naka-business suit ngayon. Tanging sky-blue na longsleeve na fit sa katawan niya at maong pants ang suot niya na bumagay sa kanya. Amputs. Ke-gwafu rin ni Elton. Ang popogi talaga ng magkakapatid na falcon brothers.

"Yesness. Let's goness!" masaya kong sagot saka muling tumingin kay Klyde "Paano ba 'yan aalis na ako. Mag-aral ka, Klyde, ah. Sinasabi ko sa'yo kundi uupakan kita."

Napangiti si Klyde saka tumango, "Ingat ka." sabi niya saka tumalikod na siya at nilampasan ang kuya niya. Sinundan lang siya ng tingin ni Elton. Hindi niya pinansin ang kuya niya. Mukhang totoo nga ang sinabi ni Klyde na snob siya sa personal at plastic din. Kaya pala nagkakasundo kaming dalawa.

Nagpaalam na ako kay Klode at Majinbu na aalis na pero 'di ang malantod na Majinbu dedma pa rin sa akin kaya tawa na naman ng tawa si Klode. Si Chris naman lumapit din sa akin saka pilit na hinihila ang braso ko. Akala ko kung anong gagawin niya

pero hahalik lang pala siya sa pisngi ko para magpaalam. Napangiti nalang ako sa ginawa ni Chris. Ang sweetness kasi.

"Chris," biglang nagsalita si Elton habang nakatingin sa bunso niyang kapatid "Where's my kiss?"

Bahagya lang siyang tinignan ni Chris pero 'di siya pinansin. Muling bumalik si Chris sa paglalaro niya.

Napatawa ako, "Hindi ka pinansin, 'no? Minumura mo kasi. Mwahahaha."

Sinamaan ako ng tingin ni Elton, "Ba't ikaw hinalikan pero ako hindi?"

"Aba, malay. Baka kasi mas gusto ako ni Chris kaysa sa'yo?" napangisi ako "Ayaw niya raw kasi humalik sa lalaking may dilaw na buhok. Kawawa naman." pangangasar ko sa kanya kaya niya ako inirapan. Asar talo talaga 'tong si Elton. Mwahahaha ulit.

Sa magarang sasakyan kami ni Elton sumakay na kulay gray. Tatlo pala ang sasakyan niya na puro magagara na parang pareho sa ginagamit pang-karera sa mga pelikula kong napapanood noong nasa probinsya pa ako. Manghang-mangha ako nang makapasok ako sa loob ng sasakyan. Halos maglaway ako sa ganda nito. Hindi ko inaakalang makakasakay ako sa ganitong uri ng magarang sasakyan.

"Anong tawag sa ganitong sasakyan?" tanong ko kay Elton nang makapasok siya sa kabilang pintuan.

"Porsche 918 spider." maikli niyang sagot habang may inaayos na kung ano.

"HUWAW! Gawa siya sa gagamba 'tong sasakyan? Ang astig." tinignan niya lang ako ng seryoso saka na naman siya umiling-iling. "E, magkano bili mo rito?"

" $845,000." sagot niya saka may pinindot kaya bumukas ang bubong ng sasakyan.

"HUWAW! Ang astig talaga nitong sasakyan mo, San Goku." sagot ko "Pero magkano sa pera natin 'yung dollars na 'yun?"

"35 lang." kaswal niyang sagot.

"35 lang? 35 pesos o 35 thousand?"

"35 millions."

"WHAT?" gulantang kong sagot "Seryoso ka diyan? 35 million 'tong sasakyan mo? Ano 'to gawa sa ginto? 'E ang sabi mo gawa 'to sa gagamba. Ano ba talaga?"

Iritado na naman niya akong tinignan, "Ewang ko sa'yo." sabi niya "Kaya 'wag kang malikot. Baka may masira ka rito sa loob ng sasakyan ko. Mahal 'to."

"Ok boss." nanahimik nalang ako habang nakaupo dahil natakot ako na may masira nga ako. Halos himatayin ako sa presyo nitong sasakyan niya. Hindi ako makapaniwala na may taong mag-aaksaya ng ganung halaga para lamang sa sasakyan. Kung 35 million 'tong isa niyang kotse 'e ano pa kaya ang presyo nung iba? Baka bumula na ang bibig ko kapag nalaman ko.

"Put your seatbelt." pag e-english ni Elton. "At hindi kita minumura."

"E ano 'yung sinabi mo?"

Hindi niya ako sinagot. Lumapit lang siya sa akin kaya biglang nanigas ang buong katawan ko. Ang lapit-lapit ng mukha ni Elton sa akin.Naaamoy ko 'yung pabango ng katawan niya. Nakakaadik. Panglalaking amoy pero hindi masakit sa ilong. Akala ko kung anong gagawin niya pero kinuha niya lang pala ang seatbelt saka ito ikinabit sa katawan ko. Akala ko pa naman i-kiss niya ako katulad sa mga napapanood kong pelikula noon. Nakaka-disappointness.

Nagsimula nang umandar ang sasakyan kaya nakatuon lang ang pansin ni San Goku sa dinadaanan niya. Pasimple akong nakasulyap sa kanya. For a momentness parang biglang lalong gumwapo si Elton sa paningin ko. Ang gwapo niya habang nagmamaneho. Seryoso siya. Napangiti ako. Sana ganyan nalang palagi si Elton para 'di siya nakakainis.

Napatingin siya sa akin, "Anong tinitingin-tingin mo?"

Napaiwas ako ng tingin, "Wala ka na 'dun." sagot ko saka bumulong "Ano pala magiging trabaho ko sa kompanya niyo? Magiging secretary ba ako? Kaso 'di ako marunong gumamit ng computer. Pero fast-learner naman ako. Hehe."

"Don't worry pero 'di 'yun magiging work mo." biglang napangisi si Elton. Naging kamukha niya tuloy si Klyde dahil sa pag ngisi niya.

"Eh ano pala?"

"Janitress." sagot niya "Ikaw ang maglilinis ng buong lobby at first floor."

"WHAT?" gulat ko na namang sagot.

"Hindi mo ba kaya?" mas lalong lumaki ang ngisi ni Elton na parang nagugustuhan niya ang reaction ko.

"Anong hindi kaya? Kayang-kaya ko, 'no! Mahilig ako maglinis at kahit plastic at snob akong tao sa personal, malinis ako at magaling sa paglilinis!" proudness kong sagot.

Biglang napahinto ng malakas ang sasakyan at malamang kung 'di ako naka-seatbelt bigla akong tumilapon palabas ng kotse ni Elton. Napatingin si Elton sa akin na seryoso. Parang 'di nya inaasahan ang magiging sagot ko.

"Seryoso?" inis na naman niyang tanong.

"Yes of courseness."

"Shit. Mission failed." pag e-english na naman niya.

Minumura na naman ba ako ng gwapong 'to?

==========

Chapter 13

Announcement : PLS READ!Mga students ni Althea, isinali ko nga pala itong THAT PROMDI GIRL sa isang contest dito sa Wattpad. Ang Wattys2015. Sana tulungan niyo akong manalo at kahit isang award lang ay masungkit ng bobitang si Althea. Haha. Paano niyo ko matutulungan? Simple lang. Sana magtuloy-tuloy ang active votes and comments niyo hanggang huling kabanata ng kwento. Sa ganung paraan tiyak may possibilities na manalo tayo. Yes, tayo. Kasi ang story na 'to ay 'di lang akin kundi pati na rin sa inyo.

Comment and votes sana para manalo tayo at mas mabilis ang updates. Mwahaha! :)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC

Chapter 13.

Hindi na ako pinansin ni Elton matapos ang usapan namin na magiging janitress ako sa kompanya nila. Ewan ko ba kung bakit parang bigla siyang nainis sa naging usapan namin. May nasabi ba akong masama o hindi kaya naman ay hindi niya nagustuhan? Wala naman ata, 'e. Nakatuon nalang ang pansin niya sa dinadaanan ng sasakyan at halatang aburido siyang magmaneho. Pero kahit ganun hindi nabawasan ang pagiging gwapo niya. Infactness, lalo pa ngang nadagdagan ang kakisigan niyang taglay.

Amputs! Pansin ko lang talaga sa sarili ko nitong mga nakaraang araw mapa-hanggang ngayon palagi kong pinupuri ang kagwapuhan at kaseksihan nitong si San Goku. Anong meron? Dapat pala palagi akong inis sa kanya kasi inis din siya palagi sa akin. Gayahin ko dapat siya tutal naman gaya-gaya ako tapos plastic pa at snob sa personal.

Palagi ko dapat isasaisip ang kasabihang "Do unto others as you have. . .keep off the feet on the grass." Tama. 'Yung kasabihan na 'yun ang palagi kong aalalahanin. Kung anong gagawin sa akin ni Elton gagawin ko rin sa kanya para hindi niya tapakan ang damuhan na pag-aari ko. Teka-wala naman akong pag-aari na mga damo, ah.

Itinuon ko nalang ang pansin ko sa mga dinadaanan naming gusali ni Elton. Muli na naman akong namangha sa mga matataas na building na nakikita ng mga mata ko. Grabe. Ang ganda-ganda talaga rito sa maynila. Ang dami mong makikitang bagay na hindi mo makikita sa probinsya. 'Yun nga lang ma-polusyon dito. Unlikeness sa probinya na kapag huminga ka ng malalim, pinaghalong freshness na hangin at dumi ng kalabaw,baka,kambing, ni Klode-este kabayo pala ang maaamoy mo.

Muli akong napatingin kay Elton na seryoso pa rin sa pagmamaneho. Ba't kaya bigla siyang nabadtrip? Tapos saka naman ako napatingin sa upuan na inuupuan niya. Napasalita tuloy ako sa sarili ko ng wala sa oras.

"Kaswerte naman talaga nitong upuan na'to," mahina kong pagsasalita "Napi-feelness niya kasi ang matambok at makinis na pwetan ni San Goku.Tsk. Sana upuan nalang ako." sabi ko sa sarili ko dahil inggit na inggit talaga ako ngayon sa upuan.

"Nakatitig ka ba sa pwetan ko?" biglang nagsalita si Elton.

Agad akong napatingin kay Elton at nakita kong nakakunot ang noo niya habang nakatingin sa akin. Lechugas. Nahuli niya akong nakasulyap sa pwetan niya. Itong upuan na kasi 'to pahamak, e. 'Wag lang kita makikita mamaya kundi gi-gripuhan kita sa tagiliran mo talaspangan na upuan ka.

"Hindi ako nakatitig sa pwetan mo, 'no." pag dadahilan ko "Ba't ko naman tititigan ang pwetan mo bukod sa matambok at makinis ito. Ano pang ibang dahilan? Wala na. So, bakit ko siya tititigan?"

"You're crazy." napa-english na naman siya "In tagalog, nababaliw ka na." mabuti naman may translationess na siya. Akala ko minumura na naman niya ako, e.

"You're pwetness is matambokness," pagsagot ko "In tagalog, ang pwet mo matambok. Hehe."

Napailing-iling na si Elton, "Alam mo para kang si Nobita. You know him? 'Yung may may-ari kay Doraemon na pusang robot?"

"Nobita? Doraemon? Sino sila? Hindi ko sila kilala. Snob kasi ako sa personal, 'di ba?"

Napaikot ng mata si Elton saka huminto ang sasakyan, "Cartoon characters sila sa isang palabas noong kabataan natin. Hindi mo ba sila napanood?"

Umiling ako, "Hindi, e. Wala kasi kaming TV saka Dragon Balls lang napapanood ko noon. 'Yun lang kasi palabas 'dun sa TV ng kapitbahay namin na superness pa ang labo." natawa ako nang maalala ko 'yun "Pero sino ba si Nobita? Prettyness ba siya kaya kamukha ko siya?"

"Hindi siya maganda kasi lalaki siya. Ikaw ang girl version ni Nobita. Ikaw naman si Bobita." napangisi si Elton. "Ang bobita mo kasi magsalita at gumalaw, Promdi Girl."

"Bobita? Maganda ba si Bobita?" masigla kong sagot kaya biglang nawala sa labi ni Elton ang ngisi niya.

"You know what? Don't talk to me." sabi niya "In tagalog, 'wag mo kong kausapin."

"You knowness whatness? Don't talkness to me because your pwetness is matambokness." sagot ko naman "In tagalog, 'wag mo kong kausapin kasi matambok pwetan mo. Hehe."

"Mukha kang pwet." napairap si Elton saka ulit umandar ang sasakyan.

"Mukha kang timawa." napairap din ako. "Pero matambok ang pwetan." napahagikgik ako sa sarili ko.

Muli na namang kaming natahimik dalawa ni Elton at nagtuloy-tuloy sa byahe. Hanggang sa huminto ang magara niyang sasakyan na gawa sa gagamba sa tapat ng tatlong nagtataasang building. Nalula ako sa taas ng mga ito. Kung matataas na 'yung mga building na nadaanan namin mas doble ang taas ng tatlong ito. Isinilip ko 'yung ulo ko para mabasa ko 'yung nakasulat sa pader ng building.

"Falcon Group Of Companies." pagbabasa ko sa nakasulat "Huwaw! San Goku, ito na 'yung kompanya niyo? Saan diyan sa tatlo ang pag-aari niyo?"

"Yang tatlo." matipid niyang sagot na parang baliwala lang sa kanya ito.

"Seryoso? Baka naman nag jo-jokeness ka lang?"

Naningkit ang mga mata niya, "Close ba tayo para mag joke ako sa'yo?"

Napakamot ako ng ulo ko, "Hehe. Oo nga naman. Hindi nga pala tayo close kasi snob ako sa personal." sambit ko "Pero totoo? Diyan talaga ako mag wo-work? Diyan ako magiging janitress? Kagaling naman. Bigtimeness na si Althea Josefa."

Tinanggal ni Elton ang seatbelt niya saka seryoso siyang nagsalita, "Bago tayo lumabas sa kotse ko. Kailangan mo muna tatandaan 'tong mga sasabihin ko." sabi niya "Makinig kang mabuti. Una, hindi mo maaaring ipagsabi kahit kaninong makikilala mo

diyan sa loob na kilala mo personally ang mga falcon at sa amin ka nakatira."

"Ay, ganon? Kahit si Lolo Andres bawal ko sabihin na kilala ko siya?"

Sinamaan niya ako ng tingin, "Of course. He's my grandfather so obviously he's one of the falcons." napatitig ako sa kanya kasi feelingness ko minumura na naman niya ako "In tagalog, natural 'di mo rin pwede sabihin na kilala mo si Lolo dahil siya ang president ng kompanya."

Tumango ako, "Okay getness. Hehe." saad ko "E, si sir fernando.Bawal ko rin sabihin na kilala ko siya? Hindi naman siya falcon, 'di ba? Tapos si student ko 'di rin naman siya falcon. Saka rin pala si Ate Betty na mataba at Kuya Rudolf na maitim ang batok."

Napa-facepalm si Elton, "Ganito nalang. Bawal mo sabihin maski kanino diyan sa loob na kilala mo ang falcon at mga tao sa mansion. Even me. Hindi mo pwedeng sabihin na magkakilala tayong dalawa. Kapag makakasalubong o makikita mo ako diyan sa loob 'wag mo kong papansinin tutal snob ka naman sa personal, 'di ba?"

Tumango ulit ako, "Sige. Sige. Snob ako sa personal kaya 'di kita papansinin."

"Pangalawa, bawal mo rin sabihin na may koneksyon kaya ka nakapasok sa kumpanya namin. Kapag may nagtanong sa'yo sasabihin mo galing ka lang ng probinsya at nag apply ka."

"Hindi naman ako nag-apply, 'di ba?" saad kong muli.

"Kaya nga sasabihin mo nag apply ka, e. Ano ba, Promdi Girl, nakikinig ka ba ng maayos?" napalakas na ang boses ni Elton. Lalo siyang nainis pero lalo rin siyang gumwapo.

"Okay. Okay. Getness ko. Nakasigaw ka kaagad diyan. Ang alta-presyon mo baka tumaas."

"Ikatlo, sabay tayo palaging uuwi. Hihintayin mo ako sa parking lot. Madali lang mahanap ang parking lot dito. Ipagtanong-tanong mo nalang. 'Wag kang aalis mag-isa. Malaki ang maynila. Mahirap maghanap ng bobitang promdi girl na nawawala. At kapag nawala ka sorry to say this pero 'di kita hahanapin. Understand?"

"E, bakit si Dora kung saan-saan napupunta pero 'di siya nawawala. Nakakauwi pa rin siya sa kanila. Bata pa 'yun, ah?" pagtatanong ko.

"Put---" napahinto si Elton at napahilamos sa sarili niyang mukha "Wala akong pakialam sa Dora na 'yan. Mga bilin ko ang intindihin mo."

"Understandness, boss." pagsang-ayon ko sa mga bilin ni Lolo Elton. Echos

Tinanggal ni Elton 'yun seatbelt niya tapos saka naman siya ulit lumapit sa akin para tanggalin naman ang seatbelt ko. Muli ko na naman naamoy 'yung mabangong amoy ng katawan niya. Ano bang amoy 'yun at ang bango-bango talaga. Hindi nakakasawa sa ilong at sigurado akong kahit amuyin ko ang katawan niya hinding-hindi ako magsasawa. Todo amoy tuloy ang ginagawa ko habang tinatanggal niya ang seatbelt sa akin.

"Anong ginagawa mo? Ba't mo ko sinisinghot?" kunot noo na naman niyang tanong saka siya lumayo sa akin. "Para kang aso."

"Inaamoy ko lang kung amoy putok ka." muli ko na namang pagdadahilan.

"What the fuck? Kadiri ka."

"Dakyu! 'Wag mo kong minumura. Hindi nagpakahirap ang lolo ko na mapalaki ako para lang murahin mo ko." sermon ko sa kanya "Timawang Elton 'to. Kukurutin ko diyan singit mo, e."

"Yung Lolo mong nakinabang sa perang ibinayad ng lolo ko sa'yo?" mahinang sagot ni Elton.

"Ha? May sinasabi ka ba?"

Napailing siya, "Wala. Wala." saad niya saka tumingin sa akin ng seryoso.

"May tanong pala ako," sabi ko "Sigurado ka bang gagawin mo kong janitress at ako ang maglilinis ng lobby at first floor?"

Napangisi si Elton. 'Yung ngisi ng katulad ng kay Klyde. Kaynis. Nagiging magkamukha tuloy talaga silang dalawa. Itong si Elton ata talaga ang kakambal ni Klyde at 'di yung si Klode na hindut na bayut, 'e.

"Oo, siguradong-sigurado ako. Hindi mo kaya, 'no? Sumusuko ka na?" parang natutuwa niyang tanong sa akin.

"Anong 'di ko kaya ka diyan. Sisiw lang sa akin 'yun, 'no." pagmamalaki ko "Ang mga snob sa personal na tulad ko walang sinusukuan at inaatrasan. Lahat ng hirap kaya kong lampasan. Kayang labanan at makipagsabayan. Althea Josefa Marinduque para sa bayan at bilang kapitan! Charot." natawa ako sa sarili ko "Pero seryoso. Ayos lang sa akin na maging janitress. No hard feelingness. Baka may gusto ka pang ipadagdag na gustong ipalinis sa akin sabihin mo na agad. 'Wag ka mahiya tutal kumpanya niyo naman 'yan. Gusto mo pati 2nd floor hanggang 10th floor ako na rin ang maglinis? Isama mo na rin pati 'yung parking lot at pati na rin 'yung kumpanyang hindi niyo pag-aari. Hehe."

Pinagmasdan ako ni Elton saka siya napailing-iling sa akin, "Hindi ko talaga alam kung nagsasabi ka ng totoo o nagpapanggap ka lang. Sabagay, promdi girl likes you knows how to deceive others. And I won't fall for the same mistake again." sagot niya "Hindi kita minumura."

"Alam ko naman na 'di mo ako minumura. Pero ba't mo nasabing nagpapanggap lang ako 'e 'di naman ako poserness." nagtataka kong tanong.

"Wala," mabilis niyang sagot "Mauna ka na lumabas at hintayin mo ako sa lobby. 'Wag mo lang ako kakausapin. Pag pasok ko sumunod ka lang sa likuran ko hanggang sa makasakay tayo sa elevator."

Tumango ako sa sinabi ni Elton saka sinunod na 'yung sinabi niya. Paglabas ko ng sasakyan niya agad na akong pumasok sa may lobby. May guard na nag chi-check sa may pintuan pero pag pasok ko agad akong napangiti dahil naloko ko si kuyang guard. Naghintay ako sa lobby na sinasabi ni Elton.

Habang hinihintay ko si Elton pinaikot ko muna sa buong paligid ang mga mata ko. Muli akong namangha sa ganda ng loob ng kompanya ng mga falcon. Halatang mamahaling kumpanya ito dahil 'yung mga nakikita kong empleyado ay mukhang mga professional. Ang astig nila sa mga suot nilang business suit. Sa gilid naman ng lobby may malaking logo na letrang F ang nakasulat. Ano kayang ibigsabihin ng F? Fretty? Frettyness? O baka naman Frettiful? May malaking bote ng wine rin na kasing taas ng dalawang tao ang naka-display. May laman kaya 'yung wine na 'yun?

Muli na naman akong napangiti sa sarili ko dahil sa lubos na excitementness. Hindi ako makapaniwala na dito ako mag ta-trabaho sa ganitong kagandang kompanya. Tiyak na maiinggit sa akin 'yung mga kababata at ka-plastikan ko sa probinsya kapag nalaman nilang janitress ako sa ganito kagandang kompanya. Ipagmamayabang ko ito sa kanila kapag uwe ko sa probinsiya namin. Tiyak sisikat ako sa buong probinsya. Mwahaha.

Napansin ko na si Elton na pumasok sa may entrance ng kumpanya. Seryoso si Elton na naglalakad at 'di man lang niya binibigyan ng pansin 'yun mga taong bumabati sa kanya at nagbibigay ng galang. Ang gwapo niya maglakad habang nakaseryoso ang mukha niya. Pero ba't kailangan niyang dedmahin 'yun mga taong bumabati sa kanya? Snob na din ba siya sa personal?

Nagtama ang tingin naming dalawa ni Elton kaya nang nilampasan niya ako agad na akong sumunod sa kanya. May kaunting pagitan kaming dalawa dahil nga kabilin-bilinan niya kanina na 'wag ko ipapahalatang kilala ko siya. Nasusulyapan ko tuloy ng maayos ang pwetan niyang nakabalandra sa harapan ko. Habang naglalakad kami mas lalong maraming tao ang bumabati sa kanya pero as usualness wala ni isa ang pinansin niya. Dedma pa rin ang kuya niyo.

Huminto kami sa dalawang elevator. Pero 'dun kami sumakay sa elevator na may nakalagay na 'For private use only.' na kulay gold ang kulay. Pag pasok namin sa loob agad akong napangiti dahil sa naalala ko.

"Anong ngiiningiti-ngiti mo diyan? Ngayon ka lang nakasakay ng elevator, 'no?"

Inirapan ko si Elton, "Ang kapal lang please. Nakasakay na ako sa elevator sa probinsya, 'no."

"Weh?" 'di siya makapaniwala "May elevator sa inyo?"

"Oo kaya!" sagot ko "May mall 'dun sa probinsya, 'no, kaya may elevator din. 'Yun nga lang hanggang first floor lang ang mall sa amin. Kapag sakay mo ng elevator lalabas ka na rin agad kasi nasa first floor ka na." saad ko "Napangiti lang ako kasi naloko ko 'yung guard sa may pintuan kanina."

"Bakit anong ginawa mo? Manloloko ka talaga 'e 'no? Sanay na sanay kang manloko." sagot niya na parang may pinanghuhugutan ba.

"Nakasulat kasi sa entrance ng kumpanya na 'No ID. No entry.' 'E wala naman akong ID pero nakapasok ako. Naloko ko siya, 'di ba?" sabi ko saka tawa ng tawa sa sarili ko. Habang si Elton nasampal nalang niya ang sarili niyang noo.

Hindi ko matiis ang katahimikan kaya muli akong nagsalita. Tinanong ko si Elton.

"San Goku, ano pala ang business niyo?"

Sinulyapan niya muna ang oras sa relo niya bago nagsalita, "Shipping lines and imported wines."

"Wow! Wines? Kaya pala may malaking bote ng wine na naka-display sa lobby. 'E di marunong ka gumawa ng wine?" namangha kong tanong.

Tumango siya, "Oo. May natimpla na akong wine na one of the best sellers ng kompanya. Pero 'yung isa kong ginagawa 'di ko ma-perfect. Hindi ko alam kung bakit."

"Paano mo 'yun mape-perfect kung nobody's perfect?"

"Ewang ko sa'yo. Ba't nga ba kita kinakausap." huling sinabi ni Elton saka nilabas ang cellphone niya na-touchscreen.

Namangha na naman ako sa cellphone ni Elton. Ang ganda. Mukhang mahal 'din ang bili niya. Hindi tulad ng cellphone ko na ilang taon na sa akin tapos pwede pang ipangkayod ng yelo sa bigat. Pero ayos lang tutal naman maayos pa 'yun saka gumagana pa. Saka, inagaw ko lang naman 'yung cellphone na 'yun sa aleng nasa palengke sa probinsya namin. Mwahaha. Jokeness lang.

Bumukas na ang pintuan ng elevator kaya sumunod na ako kay Elton. May mga nakasalubong na naman kaming mga empleyado na binabati si Elton pero wala na naman

siyang pinansin. Snob talaga 'tong si koyang San Goku niyo. Pansin ko lang din 'dun sa mga babaeng bumabati kay Elton na halos pumutok na ang mukha sa kapal ng make-up nila. Nalungkot ang mga mukha nila nang 'di sila pansinin ni San Goku.

Pumasok kami ni Elton sa isang malaking k'warto na mukhang opisina niya. 'Yung dingding ng opisina ni Elton ay isang malaking bintana na gawa sa salamin na nakikita ang view sa labasan. Agad akong lumapit dito at sinulyapan ang ibaba.

"Huwaw!" namangha ko na namang sabi sa sarili ko "Ang ganda. Kitang-kita ang buong maynila. Ang ganda-ganda dito, San Goku."

Umupo si Elton sa may lamesa niya saka hinubad ang suot niyang longsleeve. Ngayon nakaputing sando nalang siya kaya naglabasan na naman ang muscles niya sa mga braso niya.

May tinawagan siya sa telepono kaya ilang sandali pa may pumasok na isang babae. Nakangiti ito ng lumapit kay Elton.

"Yes, sir?" todo ngiti si Ateng nagpuputukan din ang mukha sa kapal ng make-up.

"This is Althea Jose-whatever her name is," sagot ni Elton "She will be the new janitress. Accompany and introduce her to the head of janitorial staff."

Hindi ko maintindihan ang pinag-uusapan nilang dalawa. Nagmumurahan ba sila? Pero 'di ba dapat 'di niya minumura si Elton since boss niya 'to? May sayad ata 'tong dalawa 'e.

Tumingin sa akin si Elton, "Promdi-I mean, Althea, sumama ka kay Maxine. Ipapakilala ka niya sa head janitor." seryosong sabi sa akin ni Elton "At ayusin mo ang trabaho mo."

"Syempre naman, San Goku-Ay boss pala." sinamaan ako ng tingin ni Elton kaya napakamot ako sa ulo ko.

Sumama na ako sa babaeng ipinakilala sa akin ni Elton na may pangalang-Maximo? Ay ewan. 'Di ko matandaan ang pangalan nitong babae na 'to. Ang mga snob sa personal 'di dapat nagkakabisado ng pangalan, 'di ba? Kaya wala akong oras alamin kung ano ba ang tama niyang pangalan.

Lumabas na kami sa opisina ni Elton at muling sumakay ng elevator. Tahimik lang ako dahil nakikinig ako sa usapan ng dalawang babae na kasabay namin sa elevator. Kilig na kilig ang mga malalantong na babae habang pinag-uusapan si Elton.

"Girl, nakita mo si Sir Elton kanina? Grabe. Ang hot niya. Nakadagdag ng sex appeal niya 'yung pagiging snob niya sa paligid. Then, kapag tinitignan ka niya para ka niyang hinuhubaran. Oh my God. Ang katulad talaga ni Sir ay blessings sa mga babaeng tulad natin."

"Oo nga, girl. Then, 'yung braso niya ang sarap hawakan at himasin dahil sa muscles. I'm sure ang ganda rin ng katawan ni sir at may abs din siya dahil bumabakat iyun sa suot niya. Ughhh. Ang yummy-yummy ni sir. Sigurado akong ang swerte ng babaeng mapapangasawa niya."

"I heard 'yung kambal din na kapatid niya mga gwapo at yummy din, girl. Sayang talaga si Sir Erwin, 'no? Isa pa 'yung hotty, 'e. Sana makita pa siya ni President."

Gusto ko sanang sumabat sa usapan 'nung dalawa kaso mas pinili ko nalang na manahimik. Ang sarap pa naman sanang sabihin na 'Oo nga mga girl. Alam niyo bang may abs at v-line si Elton? Sa mansion kasi kapag gabi na tanging boxer nalang ang suot niya. Ang tambok din ng pwetan niya. Sexyness overloadness talaga mga ate kong malalantong.' Kaso 'wag na. Ayoko silang pansinin kasi snob ako sa personal.

Lumabas na kami ng elevator ng kasama kong babae at iniwan na namin 'yung dalawang malalantong 'dun sa elevator na pinagpapantasyahan ang katawan ni San Goku. Kawawang Elton. Wala siyang ideya na pinagpapantasyahan siya ng mga malalantong niyang empleyado.

Pumasok kami sa isang kwarto ni Maximilya na puro panglinis ang laman. May isang babae 'dun na may edad na nag-aayos. Tumingin siya sa amin at ngumiti.

"Pinadala siya ni Sir Elton. Sabi ni sir alam mo na raw?" sabi ni Maxinarya.

"Yes, ma'am. Alam ko na po." magalang na sagot ng babaeng may edad na.

Nagpaalam na 'yung si Maxina sa aming dalawa saka lumabas na ng kwarto.

"Anong pangalan mo?" nakangiting bati niya sa akin ng kaming dalawa nalang.

"Althea Josefa Marinduque." nakangiti kong sagot.

"Ako naman si Ghielyn. Ako ang head janitress sa kompanya. Mommy G ang tawag sa akin ng iba dahil may edad na ako. Pwede mo rin akong tawagin 'nun." malumanay na sabi niya.

"Talaga po?" di ako mapaniwala "Sige po. Tutal po 'di ko pa naranasan na tumawag ng mommy 'e. 'Di ko na kasi nasilayan ang Inay ko."

Nginitian lang ako ni Mommy G saka siya pumunta sa may cabinet at kumuha ng damit. Isang kulay orange na shirt at orange na pants ang ibinigay niya sa akin.

"Ito ang magiging uniporme mo."

"Wala po bang ibang color? Purple kasi paborito ko, e."

Natawa siya, "Wala, e. Company policy kasi na ito ang isusuot at kulay."

"E, kulay pink po meron?"

Natawa na naman siya, "Wala, Althea. Iyan lang talaga."

"Ay!" napakamot nalang ako ng ulo.

Itinuro ni Mommy G 'yung maliit na banyo na kung saan ako pwedeng magbihis. Nagpalit na ako ng damit. Bumagay naman sa akin 'yung suot at kulay ng uniporme. Mukha na akong kagalang-galang. Gusto ko sanang mag picture habang suot ko 'tong uniporme para maipagmamalaki ko sa probinsya kaso wala namang camera ang cellphone ko. Sasabihin ko nalang mamaya kay San Goku na picturan ako.

Ibinigay na rin sa akin ni Mommy G 'yung mga gagamitin kong panglinis. Alam ko na rin daw 'yung kampo na lilinisan ko. Sabi ko oo. Gusto ko rin kako linisin 'yung parking lot kaya natawa nalang siya.

Sinamahan ako ni Mommy G sa lobby at iniwan din ng magsimula na ako maglinis. Todo sipag ako sa paglilinis kasi nga kahit plastic ako at snob sa personal, malinis akong tao. Todo mop ako ng sahig at mas lalo itong pinapaputi. Gusto ko ipakita kay Elton na 'di siya nagkamali ng trabaho na ibinigay sa akin.

May isang oras na akong naglilinis nang mapansin kong naglalakad si Elton habang may kasamang dalawang lalaki na dito rin sa kompanya siguro nag wo-work. Nagtama ang tingin naming dalawa kaya ko siya nginitian ng pasimple pero inirapan niya lang ako. Dedma talaga siya sa akin, 'no? Okay. Fineness. Akala mo naman gwapo, 'e.

Habang naglilinis ako biglang may tumakip ng mga mata ko kaya napatigil ako sa paglilinis. Ang lambot ng mga kamay na tumakip sa mata ko. Halatang anak mayaman at 'di sanay sa hirap.

"Hulaan mo kung sino 'to." pagsasalita ng taong tumakip sa mata ko.

Agad nagsilandian ang mga organs ko sa loob ng katawan ko nang marinig ko 'yung gwapong boses na 'yun. Pakiramdam ko ikakasal na kami ngayon at this timeness wala ng hahadlang sa aming dalawa. Wala ng Elton na matambok ang pwetan ang eeksena na naka-boxer lang. Subukan niyang umeksena ulit at itutusok ko 'tong mop sa ngala-ngala niya.

Kahit kilala ko na ang boses na 'to syempre kailangan ko muna magpakipot. Hindi ako easy to get, 'di ba?

"Kashi naman, e. Shino ba ito?" maarte kong sagot.

Natawa siya, "Clue. Mahilig sa suman at tanging suman lang ni Althea ang kinakain niya."

Napahagikgik ako, "Jonas, ikaw ba 'yan?"

Tinanggal niya 'yung kamay niyang nakatakip sa mga mata ko at hinarap ako, "Ang galing, ah!" sabi niya habang nakangiti. Ang aliwalas ng mukha niya kapag nakangiti siya unlike ni Elton na akala mo pinaglihi sa sama ng loob, e.

"Syempre. Ako pa ba? Sabi mo nga adorable ako, 'di ba? Natural, makikilala kita."

Natawa siya, "Tara."

"Anong tara?" sagot ko habang nakatingin sa paligid dahil pinagtitinginan kaming dalawa ni Jonas "Ba't tayo pinagtitinginan ng mga tao sa paligid?"

Tumingin din si Jonas sa paligid saka muling tumingin sa akin, "Ang cute mo raw kasi sa uniporme mo."

"Talaga?" masaya kong sagot "Sayang nga, e. 'Di ko ma-picturan ang sarili ko."

"Gusto mo picturan kita?" nilabas ni Jonas ang cellphone niya saka ito itinapat sa akin "Okay. Smile."

Pero 'di lang smile ang ginawa ko. Nag peace sign pa ako at dumila. Nagpakuha rin ako ng stolen shot para kunwari ang sipag-sipag ko talagang janitress. Gusto ko nga rin sana magpakuha na nakahiga ako sa sahig habang yakap-yakap ang mop, dustpan, at walistambo para kunwari sana'y pictorial kaso pinagbawalan ako ni Jonas.

"Anong tara pala? Saan tayo pupunta? Di pa ako tapos mag trabaho, e. Yari ako kay Elton kapag nagkataon."

"Hayaan mo na 'yan. Ako bahala kay Elton." nakangiti niyang sagot "Let's runaway." Inilahad niya ang kamay niya sa harapan ko habang nakangiti siya sa akin.

"Minumura mo ba ko, Jonas?"

Natawa na naman siya, "Hindi kita minumura dahil ang kagaya mo ay dapat minamahal." kinindatan ako ni Jonas "Saka ang sabi ko, tara na at magtanan." sabi niya habang nagtataas-baba ang kilay niya at nakalahad pa rin sa harapan ko ang kamay niya.

Magtanan? OH MY GODNESS. Mukhang matutuloy na ang panaginip ko.

==========

Chapter 14

Tada! Ito na ang update. Comment and Vote para manalo si Altheang Bobita! Mwahahaha!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 14.

Nanatili pa rin akong kalmado nang sabihin ni baby suman este Jonas beybi na sumama raw ako sa kanya at magtatanan kaming dalawa. Kahit na 'yung mga malalantong kong organs sa katawan ko 'e nag kanda-buhol buhol na sa sobrang kilig. Pakiramdam ko nga 'yung apdo ko nasa lalamunan ko na at 'yung baga ko naman nasa beywang na. Kahit na gusto ko na ring pagsasampalin 'yung mga tao rito sa lobby dahil sa sobrang excitementness na naramdaman ko nang dahil sa sinabi niya.

Pero kalmado pa rin ako talaga mga students. Ayaw ko nang umasa sa mga ganyang ek-ek ng lalaking 'to. Kahit na gwafu pa siya. Kahit na ang puti ng ngipin niya. Kahit na may dimples pa siya sa magkabila niyang pisngi. Nakaraan sinabi niya girlfriend niya ako tapos binawi rin naman. Tapos ito naman ngayon? Ano ng sunod? May bente na kaming anak? H'wag niya kong paasahin. Masaquetteness.

Bigla akong napasimangot, "Tigil-tigilan mo nga ako sa mga ganyan mong banat, Jonas. 'Di kaya siya funnyness." sabi ko "H'wag mo ko paasahin sa isang bagay na 'di mo naman gagawin. Babae kaya ako. Marupok ako sa mga ganyang salita. Mahina sa mga ganyang pangako." seryoso kong pagsasalita.

Natawa naman si Jonas. Kakaiba talaga tawa nitong si baby suman ko. Kapag tumatawa kasi siya parang kumikinang ang buong paligid. Para akong nakakakita ng mga bituin na nakabalot sa kanya. Tapos meron pang music akong naririnig na ang sarap sa tenga. Talk dirty to me ang tugtog. Charot. Basta may music akong napapakinggan na 'di ko alam ang title kasi nga snob ako sa personal. Ang mga snob 'di nagkakabisado ng title ng mga kanta.

"Nagbibiro lang ako. Ang sarap mo kasing biruin dahil palaging epic 'yung mga reaction mo." nananatili siyang nakangiti "Gusto lang talaga kitang makasama ngayon."

"Ay, ganon ba? Sige. Pwede mo akong biruin segu-segundo, minu-minuto, o araw-araw. Kahit kailan mo gusto pwede mo akong biruin," kinikilig kong saad "Pwede mo naman akong makasama ngayon. Tulungan mo ako sa paglilinis dito sa lobby. Bonding natin 'tong dalawa. Ang taray ng bonding natin, 'di ba? Tayo ang janitor couple. Natulungan mo na ako plus naka-bonding mo pa ang tulad kong snob."

"Hahaha." natawa na naman ang baby suman ko "Gusto kita makasama sa ibang lugar. 'Yung tahimik ba? 'Yung solo natin ang lugar."

"Uhm," napaisip naman ako "Yung tahimik ba kamo? 'Edi dadalhin mo ko sa sementeryo?"

"Pwede! Para mapatunayan ko sa'yo kung gaano ako kapatay na patay sa'yo."

"Ihhhhhhh," napaigting naman ako sa sobrang kilig "Wag ka ngang ganyan. Baka mangisay ako sa kilig dito sa lobby." kumekerengkeng na sambit ko. Dito talaga kami sa lobby na dalawa naglalandian, ah.

"Ano? Tara na. Tumatakbo ang oras, 'e." pagpupumilit niya ulit sa akin.

"Tumatakbo ang oras? Gusto mo ba habulin ko muna? Mabilis akong tumakbo. Sa probinsya namin kapag may palarong takbuhan buko ako palagi ang nananalo." pagmamayabang ko "Paano 'yung mga kalaban ko puro lumpo. Sinisipa ko 'yung wheelchair na inuupuan nila kaya 'di nila nakukuha 'yung buko. 'Edi si Althea Josefa ang palaging wagi." natatawang napapailing si Jonas sa kwento ko. "Pero isang beses lang nangyari 'yun kasi pagkatapos 'nun sinundo ako ng baranggay. Muntik akong makasuhan."

"Hay, Althea. Masisiraan ata ako ng bait sa'yo. Kaya tara na bago pa ako mabaliw nang dahil sa'yo." hinawakan niya ako pero agad niya ring binitawan ang kamay ko nang tumahimik ako.

"Baka kasi gilitan ako ng leeg ni Elton kapag nalaman niyang umalis ako ng walang paalam." nag-aalangan kong sagot "Kabilin-bilinan niya sa akin kanina na 'wag na 'wag akong aalis ng kumpanya, e. Hindi raw siya maghahanap sa bobitang promdi na nawawala."

"Kung 'di siya maghahanap sa bobitang promdi na nawawala h'wag kang mag-aalala. Ako ang maghahanap sa promdi na nawawala. Besides, 'wag mo tawagin ang sarili mo na bobita. Iba ang bobita sa inosente." titig na titig siya sa akin habang nagsasalita. Parang ako lang ang nakikita niya sa mga oras na 'to. Feelingness ko tuloy ang ganda-ganda ko.

"Eh, ano ba ako sa dalawa? Bobita o inosente?"

"Bobita," natawa si Jonas "Joke. Siyempre inosente ka lang. Hindi ka bobita."

Napanguso ako. Sana lang ang cuteness ko kapag nakanguso ako, "E, 'bat sabi ni Elton bobita ako?"

"Hayaan mo 'yun. Malaki problema 'nun sa buhay, e." ngumiti si Jonas "Saka 'di naman niya malalaman na umalis ka kasi nakabalik na rin tayo agad bago pa kayo umuwing dalawa."

"Teka pag-iisipan ko muna."

"Sige. Ilang minuto ba ang kailangan mo para makabuo ka ng desisyon?" tumingin siya sa relo niya.

"Hindi na kailangan ng minuto kasi nakapag-isip na ako. Lezz goness na." sabi ko "Pero bago tayo umalis favorness muna." sabi ko habang ngiting-ngiti.

"Ano 'yun? Kahit ano."

"Picturan mo ulit ako." sagot ko "Dali. Yayakapin ko ulit 'tong mop."

"Hahahaha!" natawa ulit si Jonas "Okay. Game na."

Itinapat ni Jonas 'yung cellphone niya sa akin habang yakap-yakap ko naman ang mop. Nakailang picture siya sa akin bago pa ako magsawa. Pinilit ko pa nga ulit siya na picturan ako habang nakahiga pero ayaw niya talaga. Sabi ko pa nga kahit nakaupo nalang sa sahig at yayakapin ko nalang ang mop at balde pero ayaw niya pa rin talaga. Ba't kaya ayaw ni Jonas? Hindi na ako nagpumilit kasi baka mag-init na ang ulo ni Jonas sa akin at iuntog pa ako sa sahig na nilinis ko.

Umalis na kaming dalawa ni Jonas sa lobby. Iniwan ko nalang 'dun 'yung ginamit ko panglinis dahil sabi niya may kukuha naman daw 'nun. Hindi rin kami 'dun sa lobby lumabas. Dumiretso kami sa likurang bahagi ng kumpanya at 'dun kami dumaan.

Paglabas namin bumungad na agad sa akin ang malaking parking lot ng kumpanya. Bigla nga akong napalunok nang makita ko ang parking lot dahil sa sobrang laki pala nito. May malaking letter F din na nakasulat sa sahig ng parking lot na 'di ko alam ang meaning. Mabuti nalang pala 'di pina-pushness sa akin ni San Goku na linisin ito nang mag presinta ako na pati ito'y linisin ko. Tiyak labas na ang dila ko 'di ko pa rin to tapos linisin.

Sa totoo lang kinakabahan ako sa biglaang pagtakas ko kasama si Jonas habang nasa trabaho pa. Ilang beses akong pinaalalahanan ni San Goku na 'wag akong aalis na 'di niya alam pero sadyang matigas ang bungo ko kaya ko siya sinuway. Sinabi naman ni Jonas na 'di malalaman ni Elton na umalis ako at makakabalik din kaming dalawa. Sana lang talaga 'di malaman ni Elton dahil tiyak babalian ako ng leeg 'nun.

Naglalakad na kaming dalawa ni Jonas sa may parking lot at huminto kami sa isang puting kotse. Itong kotse ni Jonas maganda pero pangkaraniwan lang. 'Yung tipong palagi mong makikita sa kalsada. Hindi gaya 'nung kay Elton na magara at mukhang mamahalin.

"Magkano bili mo sa kotse mo, Jonas?" tanong ko sa kanya niyang buksan niya ang pintuan at papasukin ako. Plus pogi pointness. Gentleman ang baby suman ko. Hindi gaya 'nung timawang si Elton. Ako pa ang hinayaan na magbukas ng pintuan ng kotse niya.

"Ito ba?" sagot naman niya sa akin nang makapasok siya.

"Ay, hindi ito. 'Yung kotse na 'yun, oh. Magkano bili mo 'dun?"

Natawa na naman si baby suman ko, "Mura lang 'to. Hindi gaya 'nung mga kotse ni Elton. Milyon-milyon ang halaga." nakangiti niyang sagot.

"Eh? Mas mayaman ba sa'yo si Elton?" curiousness kong tanong.

"Oo naman, 'no." mabilis niyang sagot "Bukod sa isa ang pamilya ni Elton sa pinakamayamang pamilya sa bansa, kumikita rin si Elton para sa sarili niya ng milyon-milyon."

"Huwaw!" elibs na sagot ko "Biruin mo 'yung iritado at aburido pero-" napahinto ako. Mukhang 'di maganda na sabihin na matambok ang pwetan ni Elton sa mga oras na 'to. "Biruin mo na 'yung Elton na 'yun kumikita ng milyones? Paano nangyari?"

"Sa wine na ginawa niya." sagot ni Jonas habang umaandar na ang sasakyan "Yung wine na ginawa niya nakaraang taon nanalo sa Wine Making International Competition. Dahil 'dun ilang malalaking kompanya inside and outside the country ang nag-invest sa kanya." masayang pag ku-kwento ni Jonas sa achievementness ng kaibigan niya. "Kahit palaging nakasimangot si Elton magaling 'yun sa business. College palang kaming dalawa nag i-stand out na siya."

"Paanong nag i-stand out? Maingay ba siya sa klase niyo kaya palagi siyang pinapatayo? Hindi ba dapat ilista nalang siya bilang noisy?"

Tawang-tawa si Jonas, "No. Hindi ganun. Hahaha." natawang sagot niya "Stand out meaning siya ang pinakaangat sa klase namin dahil matalino siya. Suma cumlaude siya ng grumaduate kami. Aside the fact na 'di pa kami graduate 'nun pero marami ng kompanya ang kumukuha sa kanya. Pero mas pinili niya na sa sarili nilang kompanya siya mag trabaho."

"Talaga? Matalino pala talaga 'yung Elton na 'yun? Wala sa mukha, ah." natatawa kong sagot.

"Yap! Tapos 'yung wine nga na naimbento niya nanalo, 'di ba? Ipinangalan niya pa sa mommy niya 'yung wine." dagdag pa ni Jonas.

"Ipinangalan niya? 'Edi Mommy Wine ang tawag 'dun sa wine?" kunot noo kong sagot "Parang ang pangit."

"Hindi Mommy Wine. Cynthia Wine. Meaning Moon Goddess. Para kasi kay Elton ang Mommy niya ang pinakamagandang babae sa buong mundo." biglang nalungkot si Jonas "Nakakalungkot lang 'yung nangyari kay tita at tito. I am sure nahihirapan pa rin si Elton til now."

Natahimik kaming dalawa ni Jonas dahil parang biglang naging malungkot ang paligid. Ganun siguro kapag napag-usapan ang mga taong namayapa na. Tumatahimik kayo ng kausap para makisimpatya. Muli lang nagsalita si Jonas makaraan ang ilang minuto.

"Ngayon nga nalalapit na naman 'yung Wine Making International Competition kaya stress-out si Elton. Hindi niya pa kasi nape-perfect 'yung wine entry niya."

"Oo nga raw. Nabanggit niya sa akin kanina." sambit ko naman "Ano raw problema?"

"I dunno," hibit balikat na sagot ni Jonas "Siguro nahihirapan siya dahil sa mga nangyari for the past months kaya 'di siya makapag-isip ng tama. Pero sigurado akong soon matatapos niya rin 'yun. Hindi siya babansagang Elton The Amazing Falcon for nothing ng business world."

"Elton The Amazing Falcon? Akala ko ba Elton The Bold Star ang tawag sa kanya?"

Tumawa na naman ng tumawa si Jonas nang dahil sa sinabi ko. Pakiramdam ko wala na akong masabi at maisagot na tama kay Jonas kaya puro pagtatawa nalang ang sagot niya. O talagang may sayad lang talaga 'tong si baby suman ko? Uhm, sayang. Ang gwafu pa naman niya kaso may sayad lang talaga.

Nag kwentuhan lang kaming dalawa ni Jonas habang nasa byahe kaming dalawa. Ang sarap kausap ni Jonas kahit na may sayad siya dahil palagi siyang tumatawa at ngumingiti. Palagi niyang sinasagot ang mga kalokohan kong tanong at sinasakyan ang mga trip ko sa buhay. Hindi tulad ni Elton na palaging basag-trip at palaging aburido sa akin. Pero keri lang. 'Di ko rin naman maisip na ngumiti at tumawa si Elton sa akin dahil paniguradong end of the world na kapag nangyari 'yun.

Inabutan kami ng panghalian ni Jonas kaya huminto ang sasakyan niya sa isang mamahaling restaurant. Kakain daw muna kaming dalawa bago gumala sa siyudad. Nalaman kasi ni Jonas na mula nang dumating ako rito 'di pako ako nakakagala kaya ngayong araw niya raw ako ililibot sa siyudad ng Manila. 'Edi si akong promdi girl biglang na-excitemeness. Nakalimutan ko agad na may trabaho pala akong iniwan. lols.

"Ako na magtatanggal diyan sa seatbelt mo." pagsasalita ni Jonas nang makita niyang nahihirapan ako tanggalin ang seatbelt. Ba't kanina walang keme ko itong nailagay sa akin pero ngayon naman nahihirapan akong tanggalin. Litsing seatbelt 'to. 'Wag ka dadaan sa kanto namin kundi ipapatira kita sa mga tropa kong adik. Chos!

Umusod si Jonas sa gawi ko para tanggalin ang seatbelt sa katawan ko. As usualness nanigas na naman ang buong katawan ko at naghahanda ng singut-singotin ang amoy ni Jonas. Pero ang nakakapagtaka lang 'e walang epekto sa akin ang amoy ni Jonas. Oo mabango ang katawan niya pero 'di tulad nung kay Elton. Hindi rin lumundag-lundag ang puso ko na parang gusto ng lumabas sa bibig ko katulad kaninang umaga nang ikabit ni Elton ang seatbelt ng sasakyan niya sa akin.

Takang-taka tuloy ako 'e samantalang ang mga malalantong kong organs sa katawan ay kilig na kilig sa baby suman ko. Pero ngayong ang lapit-lapit ni Jonas sa akin 'di naman sila nag reactness katulad ng kay Elton The Bold Star kaninang umaga. Nagsawa na bang kumekerengkeng ang mga organs ko? Ang bilis naman nila magsawa. Pinag-iinit nila ulo ko. Charot!

Naunang bumaba si Jonas ng sasakyan para pagbuksan ako ng pintuan. Gentleness talaga ang sir niyo mga students. Pinilit ko tuloy ang sarili ko na kiligin dahil sa ginawa niya. 'Yung mga organs ko kasi 'di kinilig kaya pinilit ko ang sarili ko. Ayokong masayang ang effortness ng baby suman ko, 'no.

Pumasok na kaming dalawa sa loob ng isang mamahaling restaurant. Ang ganda rito sa loob. Halatang mamahalin 'yung mga display sa bawat gilid. Agad tuloy naglaway ang mga mata ko at nanginig ang kamay ko. Gustong mamitik ng kamay ko ng kahit na anong gamit dito sa restaurant saka ibenta dahil tiyak mahal 'yun. Jokeness lang. 'Di ako magnanakaw. Plastic at snob lang ako sa personal, rememberness?

"Good day! Table for how many po?" nakangiting salubong sa amin ni Jonas ng isang babae.

"Minumura mo ba ako, Miss?" kunot-noo kong tanong na siyang naging dahilan ng pagtawa ni Jonas sa likuran ko.

"Ay, ma'am. Hindi po. Hindi ko po kayo minumura," mabilis na depensa nung babae "Tinatanong ko lang po kung ilang table po ang kailangan niyo?"

Ma'am ang tawag nitong babae sa akin. So, student ko rin pala siya? Madami pala talagang kaklase si student ko sa mansion. Ba't 'di niya sinasabi sa akin? Gugupitan ko bangs niya mamaya kaya yari siya sa akin.

"Ilang table ang kailangan?" balik tanong ko sa babae "Kailangan ba tag-isa pa kami ng lamesa nitong kasama ko?" tumingin ako kay Jonas "Jonas, ayoko na pala rito. Sa ibang kainan nalang tayo. Ayokong maghiwalay tayo habang kumakain."

Napatitig si Jonas sa akin saka tumawa ng tumawa na 'di ko alam kung bakit. Wala naman kayang nakakatawa sa sinabi ko. May sayad talaga 'tong isang 'to.

"Dito nalang tayo," tumingin si Jonas sa babae "Table for 2 lang."

"Alright, sir. This way po." sagot naman 'nung babae.

"Nagmumurahan kayo?" tanong ko kay Jonas habang naglalakad kaming dalawa at nasa harapan namin 'yung babaeng student ko rin pala "Ba't pumapayag ka na minumura ka niya?"

"Hindi niya ako minumura." nakangiting sagot ni baby suman. Ang gwafu talaga niya ngumiti. Ihhhhhhh.

Sa dulong bahagi kami ni Jonas umupo kung saan malakas ang aircon. Naiinitan daw kasi si Jonas kaya ni-request niya 'dun sa babae na sa may tabi nalang kami ng aircon. Sabi ko nga naiinitan pala siya 'edi sana sa loob nalang kami ng freezer ng ref kumain dalawa. Tumawa na naman ng tumawa ang baby suman ko. Masayang-masaya talaga siyang kasama ako at 'di na makakapagtaka kung maiinlove siya sa akin.

Si Jonas na rin ang umorder ng kakainin namin dahil 'di ko mabasa ng maayos 'yung mga nakasulat sa menu. Ang hirap bigkasin at ayokong pahirapan ang dila ko. Mga ilang minuto dumating na rin ang kakainin namin at nagsimula na kami dahil gutom na raw si baby suman.

"Hindi ka ba nahirapan noong unang dating mo sa mansion ng mga falcon?" tanong sa akin ni Jonas habang kumakain kaming dalawa. Napatigil ako saka tumingin sa kanya.

"Sa totoo lang nahirapan ako," mabilis kong sagot.

"Kung nahirapan ka ba't 'di ka nalang umalis at bumalik sa probinsya niyo?" curiousness niyang tanong.

"Naisip ko rin 'yan. 'Yung bumalik agad sa probinsya namin dahil nga 'di ako sanay 'dun sa mansion," nakangiti kong sagot "Pero hindi ako pinayagan ng sarili ko. Nang makilala ko ang bawat miyembro ng pamilya ng falcon naisip ko agad na parang may mali sa kanila. Na nakakalungkot dahil parang walang love na namamagitan sa kanila. Na parang ordinaryong tao lang ang turingan nila sa bawat isa at walang pakialaman," titig na titig si Jonas sa akin "Kaya naisip ko na 'di pwedeng iwanan 'tong mga 'to."

"Bakit naman 'di pwedeng iwanan?"

Nanatili akong nakangiti. Daming tanong ni Jonas. 'Di tuloy ako makakain ng maayos. Ang sarap pa naman nitong kinakain namin, "Hindi pwedeng iwanan kasi gusto ko ako 'yung maging daan para makita nila na isang pamilya sila. Na ang isang pamilya dapat may pagmamahalan sa bawat isa. Na ang isang pamilya dapat may pakialam sa bawat ginagawa ng miyembro ng pamilya nila. Noong bata pa ako palaging sinasabi sa akin ng lolo ko na 'Kung hindi mo kayang baguhin ang buhay mo. Maging daan ka nalang para magbago ang buhay ng isang tao.' Kaya ayun. Gusto ko ako 'yung maging dahilan para magbago ang buhay nila. Gusto kong iparamdam sa kanila na kung malungkot sila ako 'yung magiging dahilan para mas lalo silang maging malungkot-chos!" natawa si Jonas sa huli kong sinabi.

"Ilan nalang kayo sa pamilya niyo pala?" muling tanong ni Jonas.

"Ako nalang." sagot ko saka malungkot na ngumiti.

"Ikaw nalang?" gulat niyang tanong "As in? Wala ka ng ibang pamilya?"

Umiling ako, "Wala na. Patay na mga magulang ko noong bata palang ako at bago palang ako magkaisip. Si Lolo ko lang tanging nagpalaki sa akin na last month lang namayapa na rin. Excited ata siyang makipag-meet and greet kila Inay at Itay." tumawa ako ng tumawa pero si Jonas nanatili lang nakatitig.

"Hindi mo kailangan pilitin ang sarili mo na tumawa kung 'di ka naman talaga masaya. Okay lang maging malungkot. Okay lang na umiyak kapag nami-miss mo sila." seryoso niyang pagsasalita.

"Nge? 'Di naman ako nalulungkot, 'e. Ay minsan lang pala. Pero tanggap ko na naman na iniwan na akong mag-isa ni lolo ko. Saka sigurado naman akong 'di niya rin 'yun gusto." sambit ko "Masyado na ring maraming hirap na napagdaanan si Lolo ko habang pinapalaki ako kaya kailangan niya na rin magpahinga. Alam ko naman na kahit wala sila sa tabi ko palagi pa rin nila akong binabatanyan."

"Alam mo, Althea. Ang lakas mong babae. Nakaka-proud ka." sabi ni Jonas na may ngiti sa labi niya "Punong-puno ka ng positibong bagay sa sarili mo. Sana hindi ka magbago."

"Oo naman, 'no. Hindi ako magbabago kasi kuntento na ako sa sarili ko."

"Matanong ko lang pala," sambit ulit ni Jonas "May nakuha ka bang pera na galing kay Lolo Andres?"

Tumango ako, "Meron. Mabuti nga may ibinigay siya, 'e. Kasi 'di ko alam kung papaano ko mababayaran ang mga utang na naiwan ni Lolo noon. Blessing talaga si Lolo Andres sa akin."

"Kaya ka pumayag na papakasalan mo si Elton kasi dahil sa pera?"

Nagulat ako, "Ha? Hindi, ah." mabilis kong sagot "Wala naman akong pakialam sa pera, e. Kuntento na ako kung anong meron ako. Mahirap man ako pero masaya naman ang buhay ko. Hindi tulad ng iba na mayaman nga pero malungkot naman."

"Tama 'yan," napangiti siya ng malapad "So, hindi totoong binayaran ka ni Lolo Andres para pakasalan mo si Elton?"

"Saan nanggaling 'yan?" ilang beses akong napailing "Ay! Nakakahilo pala umiling ng umiling." pag-angal ko sa sarili ko "Hindi niya ako binayaran. Sa totoo lang nagulat din ako 'dun. Hindi ko inaakalang ako ang mapapangasawa ni Elton kasi ang alam ko trabaho ang ibibigay sa akin ni Lolo Andres pag punta ko rito sa Manila at hindi asawa." natawa ako "Ilang beses akong umangal 'dun sa ideya nila. Pero desidido silang dalawa ni Lolo ko at Lolo Andres na ipakasal kami, e. Pero 'di pabor si Elton 'dun dahil may girlfriend siya at sinabi niya sa akin na 'di 'yun matutuloy."

"Alam mong may girlfriend si Elton?" gulat na tanong ni Jonas "Secret lang 'yun, ah. Sinabi niya sa'yo?"

Napatango ako, "Sinabi niya sa akin saka nakita ko 'yung picture nila 'nung babae sa kwarto niya. Ang ganda nga ng girlfriend niya, e. Parang super model. Kaya takang-taka ako kung paano na-inlove 'yung babae na 'yun kay Elton 'e si Elton 'di naman marunong ngumiti."

Natawa si Jonas, "Yap! Sobrang ganda at bait pa ni Jennina." sabi ni Jonas na parang may kakaibang ningning sa mga mata niya nang banggitin niya ang pangalan 'nung girlfriend ni Elton.

"Bagay nga silang dalawa, e." sagot ko "Halatang mahal na mahal ni Elton 'yun kaya nakakalungkot lang kung 'di sila ang magkakatuluyan. Alam ko rin namang 'di matutuloy 'tong kasalan naming dalawa ni Elton kaya 'di ko rin masyadong iniisip."

"Pero anong tingin mo kay Elton? Kunwari wala siyang girlfriend. May chance ba na-mainlove ka sa kanya?" naging seryoso si Jonas.

"Uhm," napaisip ako "Hindi ko alam, 'e. Siguro hindi pa rin. Masakit kasi magsalita si Elton, e. Ang bilis niyang manghusga. Palaging seryoso sa buhay at palaging nakasimangot," napahinto ako "Pero siguro maiinlove rin ako. Kahit kasi masakit magsalita si Elton alam niyang humingi ng sorry kapag alam niyang nakasakit siya. Mabilis siyang manghusga pero kahit ganun alam kong may pakialam siya sa paligid niya at lalong-lalo na sa pamilya niya. Nahihirapan lang siyang ipakita sa kung papaanong paraan."

"Alam mo bang naiinggit ako kay Elton?" pag-iiba ng usapan ni Jonas.

"Ha? Bakit naman?"

Napaiwas ng tingin si Jonas, "Kasi nakukuha niya sa madaliang paraan 'yung mga bagay na hirap akong makuha. Hindi niya kailangan magpagod o maglabas ng pawis pa." malungkot na nag kwento si Jonas "Hindi gaya ko na ibigay ko na 'yung buong effort ko pero wala pa rin. 'Di ko pa rin nakukuha."

Ngumiti ako, "May mga bagay kasi na kahit paghirapan natin hindi talaga natin nakukuha kasi hindi ito para sa atin." sagot ko "Siguro kailangan lang natin maghirap para alam natin sa sarili natin na ang mga bagay na mahirap kunin ay mga punyetang bagay lang." pagbibiro ko kaya sabay kaming natawa ni Jonas.

"May iku-kwento ako sa'yo," paninimula ni Jonas ulit "Kwento ito ng isang lalaki na na-inlove sa kababata niya."

"Nakakaiyak ba 'yan?"

Malungkot na ngumiti si Jonas, "Hindi ko lang alam para sa'yo. Kasi para 'dun sa lalaki nakakaiyak, e." sabi ni Jonas saka niya sinimulan "There's this guy-"

"Mag ku-kwento ka nalang nga mumurahin mo pa'ko."

"Tagalog na nga lang," napailing-iling si Jonas "May isang batang lalaki na matagal ng in love sa kababata niyang babae. Hindi niya alam kung kailan o paano nagsimula. Pero nagising nalang siya isang araw na mahal na niya itong kababata niya. Naging magkaibigan sila ng matagal na panahon. Sabay pumasok sa lahat ng school. Elementary, high school, and even college. Hindi niya hinahayaan mawala sa paningin niya ang kababata niya dahil natatakot siya na maagaw ito ng iba." seryoso si Jonas sa pag ku-kwento "Mahal na mahal na nung lalaki si kababata niya. Dumadating na 'yung point na naiisip niya na ang future nilang dalawa na magkasama at tumanda mag-isa. Pero never siyang umamin sa kababata niya. Never niyang pinaalam 'yung nararamdaman niya."

"Bakit? Hindi ba siya papakinggan?" pag singit ko "Bingi ba 'yung kababata nung lalaki?"

Natawa lang si Jonas, "Takot kasi siya. Takot siyang mag risk. Takot siyang isugal kung anong meron silang dalawa. Hanggang sa dumating na 'yung kinakatakutan niya. May nakilalang iba ang kababata nung lalaki. Ang masaklap pa kaibigan niya rin 'yung nakilala ng kababata niya. Nakita nung lalaki kung paano kuminang ang mga mata nung kababata niya kapag pinag-uusapan nila 'yung kaibigan niya. Walang ibang magawa 'yung lalaki kundi ngumiti at maging masaya para sa kababata niya kahit na paulit-ulit ng pinupunit ang puso niya."

Napabuntong hininga si Jonas, "Then, later years passed by, nalaman niyang sa isang reunion nila nagkita 'yung dalawa. 'Yung kababata niya pati na rin ang kaibigan niya. Hanggang sa maging silang dalawa."

"Ano? Naging sila?" gulantang kong sagot "Anong nangyari 'dun sa lalaki? Hindi ba nalaman ng kakabata niya 'yung feelings niya?"

Umiling si Jonas, "No. Never niyang nalaman. Never niya ng sinabi 'yung pagmamahal niyang ilang taon niyang itinago. Nakuntento nalang siya sa palihim niyang minamahal 'yung kababata niya na nagmamahal ng iba. Tinanggap niya nalang ang katotohanan na 'yun kasi nakikita naman niyang mahal nung kaibigan niya 'yung kababata niya."

Hindi ko alam kung ako lang ba 'to o talagang ang lungkot-lungkot ng boses ni Jonas habang kinukwento 'yung kwento niya. Madali pa naman akong madala sa mga ganitong uri ng kwento kaya 'di ko napigilan ang sarili ko na mapaluha. Kahit naman kasi plastic at snob ako sa personal madaling maantig ang puso ko.

"Ano. . .ano na nangyari 'dun sa lalaki ngayon?" tanong ko habang napapaiyak na.

"Ayun. Naging masaya nalang siya. Palagi siyang tumatawa at ngumingiti para itago ang wasak niyang puso. Ganun naman talaga, 'di ba? Kung sino pa talaga ang pinakamasiyahing tao sila pa pala ang pinakamalungkot sa lahat." tumingin si Jonas sa akin "Oh, ba't umiiyak ka na diyan?" nag-aalala niyang tanong.

"Naaawa lang ako sa bidang lalaki na kinuwento mo," sabi ko habang nag pupunas ng luha "Gusto ko tuloy siyang yakapin at sabihin sa kanya na okay lang 'yun. Na marami pang babae sa mundo. Na makikita niya rin ang para sa kanya sa takdang panahon."

"Nice," ngumiti si Jonas "Wag ka mag-aalala. Mukhang nakita na niya." natawa si Jonas "Ako nalang ang yakapin mo. Isipin mo nalang na ako 'yung bida sa kinuwento ko. Dali, Althea. Yakapin mo ako ng mahigpit na mahigpit." tumawa si Jonas.

"Tse! 'Di naman ikaw 'yun ba't kita yayakapin?" natawa na rin ako.

"Pero alam mo dahil 'dun sa bidang lalaki may na-realized ako," muling pagsasalita ni Jonas "Na kapag mahal mo dapat ang isang tao 'wag ka matakot sa risk. Ipaalam mo ang nararamdaman mo habang maaga pa."

"Kasi kapag gabi na tulog na siya at humihilik na?" sagot ko "Masama pa namang gisingin ang tulog, 'di ba?"

"Hahaha. Tama-tama." sagot ni Jonas saka napailing-iling nalang.

Pagtapos namin kumain ni Jonas gumala naman kaming dalawa. Halos nilibot na namin ang siyudad sa dami ng pinuntahan namin. Tinupad nga ni Jonas 'yung sinabi niyang igagala niya ako sa siyudad na 'to na siyang kinasaya ko naman dahil ang daming magagadang lugar ang aming pinuntahang dalawa. Ang dami ko ring picture sa cellphone niya. Iba't ibang mall din ang pinuntahan naming dalawa ni Jonas na kinamangha ng mga mata ko. Ang dami kasing floors ng mga mall dito sa maynila. Hindi tulad sa probinsya na isang mall lang tapos isang minuto mo lang maiikot sa sobrang liit.

Palabas na kaming dalawa ni Jonas nang huling mall na pinuntahan namin ngayong araw nang mapatigil kaming dalawa dahil ang lakas na ng ulan sa labasan. Hindi na namin namalayan dahil sa sobrang enjoy naming dalawa. Agad akong napatingin sa relo ko at nakitang 8:30 na ng gabi.

"Hala, Jonas. Patay ako nito. Hindi ko na napansin ang oras!" kinakabahan kong sabi kay Jonas dahil tiyak kanina pa ako hinahanap ni Elton.

"Ako rin, e. Hindi ko rin napansin." kalmadong sagot ni Jonas nang nasa loob na kami ng sasakyan niya "Babalik pa ba tayo sa kumpanya o ihahatid na kita kila Elton?"

"Dun nalang sa mansion, Jonas. Tiyak andun na si Elton." hindi ko maialis sa sarili ko ang kaba.

"Wag ka mag-aalala. Ako magpapaliwanag kay Elton. Sabihin ko isinama kita."

Napatango nalang ako sa sinabi ni Jonas at tumahimik nalang na bumyahe hanggang makarating kami sa mansion. Ang lakas ng kabog ng dibdib ko dahil pakiramdam ko may mangyayaring masama ngayong gabi. Ang sama pa ng panahon dahil ang lakas ng ulan. Halos 'di na nga makita ni Jonas 'yung daanan habang bumabyahe kami pauwe kanina.

Nang makarating kami sa mansion nauna na akong bumaba at tumakbo papasok sa loob. Naabutan ko si Klode habang buhat-buhat si Majinbu na nasa sala at kasama si Chris. Andun din si student ko na parang may hinihintay. Si Klyde naman palakad-lakad habang may tinatawagan sa cellphone niya. Mukhang nagkakagulo sila.

"Anong nangyayari dito? Ba't parang kinakabahan kayo?" nagtataka kong tanong sa kanila.

Gulat silang napatingin sa akin na parang nakakita sila ng multo. Unang nagsalita si Klyde.

"Saan ka nanggaling? Kanina ka pa hinahanap ni Kuya." seryoso niyang pagsasalita.

"Nawala ka raw sa kumpanya kanina kaya kahit malakas ang ulan umalis si Kuya Elton para hanapin ka." nag-aalalang sagot naman ni Klode "Kanina pa siya umalis para hanapin ka kung saan. Naabutan na nga siya ng malakas na ulan, e. Hindi pa 'yun kumakain."

"Galit ba siya?" kinakabahan kong tanong. Tumayo si Jonas sa likuran ko.

"Hindi, ma'am. Hindi siya galit." pag singit ni student.

Napabuntong hininga ako pero agad nanigas nang sabay-sabay silang magsalita.

"Kundi galit na galit na galit lang." aniya ni Klyde, Klode, at student. Narinig ko pa ngang nag 'oink-oink' ang malantong kong biik na todo yakap kay Klode.

"Chill, guys. Ako nagsama kay Althea na umalis sandali sa kumpanya kanina." Kalmado na pagsasalita ni Jonas "Ako nalang magpapaliwanag kay Kuya niyo."

"Goodluck to you then," pagmumura ni Klode kay Jonas.

"You know what, dude? Just fuck the back off. You don't have the right to get what's not yours." seryoso at mukhang galit na sagot ni Klyde saka tumingin sa akin at nag walk-out. Anong kinakagalit 'nun?

Natahimik kaming apat nang umalis si Klyde hanggang sa makarinig kami ng sasakyan na huminto sa labas ng pintuan. Lahat kami napatingin sa taong pumasok sa may pintuan.

"Shit. I can't find her. Kailangan na ba natin tumawag ng pulis?" parang tumigil ang mundo ko nang makita ko si Elton na basang-basa ng ulan at gulo-gulo ang buhok. Mukhang 'di pa nga siya nagpapahinga sa paghahanap sa akin dahil 'yung suot niya kaninang umaga ay suot niya pa rin hanggang ngayon. Nagpalinga-linga si Elton hanggang sa napatingin siya sa akin "Fuck! Andito ka na pala? I've been searching for you for these hours tapos uuwi ka rin pala mag-isa?"

Pulang-pula ang mukha ni Elton. Hindi ko maintindihan kung dahil ba ito sa sobrang galit niya o dahil parang may sakit siya. Dali-daling naglakad papunta sa gawi ko kaya kinakabahan ako. Tumayo siya sa harapan ako at hinawakan ako sa may kamay ko saka hinila.

"Dude, saan mo siya dadalhin? Ako may kasalanan kung bakit siya umalis!" pahabol ni Jonas kaya napatigil si Elton sa paglalakad at tumingin sa kanya.

"Back off, dude. Fuck off!" seryoso niyang sigaw kay Jonas saka muling naglakad habang nakasunod ako sa kanya kasi nga hatak-hatak niya ako. Pero naloka talaga ako 'dun sa sinagot niya kay Jonas. Minura ba niya bestfriend niya?

Ang init ng kamay ni Elton na nakahawak sa akin. Parang may sakit siya. Papaakyat palang kaming dalawa sa hagdan nang bigla siyang mapahinto at biglang matumba. Bigla siyang napahiga sa sahig ng mansion.

"Elton!!" napasigaw ako sa kanya nang mapansin kong pulang-pula na ang mukha niya. Agad kong hinawakan ang noo niya at sobrang init. May mataas na lagnat ang timawang super sayans.

"Idiot!" pagsasalita ni Elton habang nakahiga sa sahig. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko habang nakatingin siya sa akin. "Idiot Promdi Girl!" sabi niya saka napapikit na ng tuluyan.

"ELTON!!" muli na naman akong napasigaw "WAG KANG MAMATAY!"

"Gago!" biglang dumilat si Elton "Wag kang excited na mamatay ako. Nilalagnat lang ako. Idiotic Promdi Girl." Huli niyang sinabi saka na tuluyang nawalan ng malay.

Ay, buhay pa pala. Sayang naman pala.

==========

Chapter 15

Hello! Sorry sa 'di pag u-update ng ilang araw. Naging busy lang talaga. Anyway, published na nationwide ang JENNY AND THE MAGIC ARINOLA kong book for only P160. Makapal siya. Sa Precious pages sa mga SM muna kayo tumingin kasi 'dun sure agad na meron.

Also, mapapanood na mamaya (June 22-26 at 9pm) ang Jenny and The Magic Arinola sa TV5. Sa suportahan niyo! Funny 'yun. Pangtanggal ng stress =)Enjoy reading! Comment and vote para manalo si Altheang bobita! Thanks, students! :)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 15.

Napatitig muna ako sa mukha ni Elton nang muli siyang mawalan ng malay. Inaabangan ko kasi na muli siyang magsalita at tawagin ako ng kung anu-ano. Like ang ganda mo Althea o kaya naman super prettyness ka Josefa. Pero 'di na talaga siya gumising pa. Sayang naman talaga. Natuluyan na ata 'tong si San Goku na 'di man lang sinasabi na ang prettyness ko. Amp!

Nanatili pa rin siyang nakahiga sa sahig ng mansion habang pulang-pula ang mukha niya dala marahil ng mataas na lagnat. May feverness ang super sayans na may matambok na pwetan. 'Yung pwetan niya kaya nilalagnat din? Ma-checkness nga mamaya.

Akala ko ba 'di tinatablahan ng lagnat ang mga taong matatambok ang pwet? Bakit si Elton tinablan? Minsan talaga 'di magandang maniwala sa mga sabi-sabi ng mga matatanda, 'e.

Otomatikong napataas ang kilay ko. Parang may gusto akong gawin. Parang gusto kong sampal-sampalin si Elton ngayon habang wala siyang malay. Gusto ko siyang iumpog sa marmol na tiles ng mansion nila. Gusto kong pisil-pisilin ng ilang ulit ang makinis at matambok niyang pwetan para naman kahit sa ganung paraan 'e makaganti ako sa pagiging iritado at aburido niya sa akin.

Pero kapag napapatingin ako sa mukha niya na halatang nahihirapan agad nalulusaw ang inis at galit ko sa kanya. Idagdag mo pa ang katotohanang ako ang dahilan kung bakit siya nagkalagnat.

"Ikaw naman kasi, San Goku, 'e." paninisi ko sa kanya kahit na tulog naman siya at walang malay "Akala ko ba hindi mo ako hahanapin? Pero hinanap mo pa rin. Hindi lang pala matambok ang pwetan mo. Matigas din ang ulo mo. Ang sakit mo minsan sa balakang, 'e." napakamot nalang ako sa ulo ko dahil naramdaman kong may meet and greet ang mga kuto sa ulo. May bondingness sila. 'Buti pa sila.

Nagsilapitan sa gawi namin ni Elton si Jonas, Klode na yakap-yakap pa rin ang malantong na si Majinbu, at pati na rin si student na nakatakip ang bibig. Nababahuan din siya sa hininga niya?

Lahat sila halatang gulat sa nangyari at sa biglaang pagpanaw—este pagkahimatay ni Elton. Si student may matching pa talagang patakip-takip ng bibig habang titig na titig kay Elton. Nagugulat ba siya o nababahuan lang talaga sa bunganga niya o baka naman parehas? Hindi ko mawari.

"Hala! Nahimatay si sir Elton, ma'am," pagsasalita ni student na parang 'di ko nakikita ang sitwasyon ni San Goku. Ginagawa niya akong shunga. Bastusing student. Bakit shunga ang tingin niya sa teacher niya?

"Hala! Oo nga," pagsagot ko sa kanya "Hala. Nahimatay nga siya student, 'no? Mabuti at sinabi mo. Hindi ko kasi alam. Hindi ko kasi nakikita. Etchusera ka!"

"Si ma'am naman niloloko ako, 'e." napanguso pa si gaga.

"Aba napanguso ka pa diyan. Kung may oras ka para ngumuso 'edi may oras ka rin para tulungan akong buhatin 'tong amo mo?" sarkastiko kong tanong sa kanya. "Meron ba?"

"Ako na tutulungan sa'yo. Buhatin natin siya papunta sa k'warto niya," pag entrantada ni Jonas. Sweet talaga ni baby suman ko. Kashi naman 'e. Ihhhhhhhh.

"Mabuti pa 'tong si baby suman ko may pakinabang." bulong ko sa sarili ko na narinig pala nila.

"BABY SUMAN?" sabay-sabay nilang pagsagot sa akin. Maski si Majinbu naki-oink oink pa. Akala mo naman naintindihan 'yung sinabi ko. Malantong na biik na 'to sabat ng sabat.

Narinig pala nila 'yung sinabi ko, "Anong baby suman kayo diyan? Sabi ko mabuti pa si ate baby magaling gumawa ng suman. 'Yung kapitbahay ko sa probinsya," pagdadahilan ko "Kayo talaga kung anu-ano naririnig niyo." dagdag ko pa "Tara na, Jonas, at tulungan mo na ako na buhatin 'tong si San Goku. Basang-basa ang damit niya, oh. Hindi ba uso ang payong sa shungang 'to?" pag-iiba ko ng usapan para malihis sa akin ang topicness.

"Sa sobrang taranta ni kuya kanina nakalimutan na niyang magdala ng payong," pag singit ni Klode kaya napatingin kami sa kanya "Kahit palaging seryoso ang mukha ni Kuya at parang walang pakialam sa paligid niya, kapag nag-alala naman siya at nataranta bigla siyang me-mental block. Hindi na niya alam ang ginagawa niya."

"Bigla tuloy akong may naalala," natawa naman si Jonas "Noong college days palang namin at habang naglalaro ako ng basketball biglang nag twist ang ankle ko. Dinala ako 'nun sa ospital kaya tinawagan ko 'tong si Elton. Hindi ko pa natatapos 'yung sinasabi ko over the phone bigla ng pinatay ni Elton ang tawag at sumugod kung saang ospital ako dinala. And guess what kung anong suot niya?"

Napakunot ang noo ko, "Wala siyang suot kahit, ano? 'Edi nakita nung mga tao sa ospital 'yung putotoy ni Elton?" gulat kong sagot na siyang dahilan para magtawanan sila student at klode. Napanganga naman si student. Na-amazeness ata siya sa sagot ko kasi tama.

"Hahaha. Baliw hindi," saad ni Jonas "Tanging boxer lang ang suot niya at isang tsinelas lang. Sa kakamadali niya 'di na siya nakapagsuot ng damit." napailing-iling si Jonas "He acts cold outside but in reality he's one of the warmest person in the earth." pag kwento ni baby suman na parang bilib na bilib kay Elton.

"Ano 'to eulogy ni Elton? Huy! Hindi pa patay 'yung tao. Kung mag-usap kayo parang huling kita na natin 'to sa kanya. May lagnat lang siya. Walang malalang sakit." pagtataray ko kunwari pero ang totoo mas lalo lang akong naging guilty sa sinapit na sitwasyon ni Elton.

"This is the first time I've ever seen Elton this weak. May weak side rin pala ang Mighty Elton." natatawa na namang pagsasalita ni Jonas bago hinawakan ang kanang braso ni Elton.

"Eto namang si Jonas bubuhatin nalang si Elton kailangan pang murahin," pambabara ko kay baby suman. Napailing-iling nalang silang tatlo. Pati nga si Majinbu napailing-iling din, 'e. Baboy na 'to ang baboy umiling. Yari ka talaga sakin mamaya, Majinbu. Tatalian kita sa leeg mo at ibibitin kita patiwarik.

Inutusan ko si student na kumuha ng maliit na planggana at maliit na tuwalya saka dalhin sa kwarto ni Elton para naman may pakinabang siya at hindi puro pagtatakip ng bibig ginagawa niya

Nagtulong naman kaming dalawa ni Jonas sa pagbubuhat kay Elton. Ang bigat niya in all fairness, ah. Pakiramdam ko lalabas ang almoranas ko habang binubuhat siya. Lahi kasi namin ang almoranas kaya kabilin-bilinan sa akin ni lolo noon na 'wag akong magbubuhat ng mabibigat. Baka raw kasi biglang sumilip si kumareng almoranas sa akin.

Si Klode naman nanatili 'dun sa sala para bantayan ang kapatid niyang si Chris. Mabuti na rin 'yun kaysa bigla na namang mawala si bunso. Alam niyo naman 'yang si Chris bigla-bigla nalang nawawala 'yan na walang pasabi. Malapit ko na mapektusan sa batok niya 'yan, e.

Nang madala na namin ni Jonas si Elton sa k'warto niya agad na namin itong inihiga sa kama niya. Wala pa rin siyang malay. Hindi man lang naalimpungatan ang walangya. Talagang pinahirapan niya kami sa pagbubuhat sa sarili niya.

Napaisip tuloy ako kung bakit ang bigat ni Elton. Bukod sa matangkad siya hindi naman siya mataba. Siguro kaya siya mabigat dahil sa muscles at abs niya. Saka pati na rin pala dahil matambok ang pwetan niya. Hehehehe. Ka-kyotness kasi ng pwet. Rawrness!

"Ikaw na bahala kay Elton, Althea, ah?" bilin sa akin ni Jonas nang maihiga na namin si Elton sa kama niya. "Huminto na ang malakas na ulan kaya kailangan ko ng umalis."

"Teka," pag pigil ko sa kanya "Basa ang suot ni Elton. Baka lalong mapasama 'yung nararamdaman niya. Kailangan 'yan hubarin at palitan siya ng short at bagong tshirt."

"Ikaw na bahala na maghubad at magpalit ng damit sa kanya. Tutal naman soon to be wife ka niya kaya mag practice kana," ngumisi si Jonas "Ang pangit tignan na ako maghuhubad sa kanya. That's too gay."

"Hindi mo naman kailangan magmura," napanguso ako "Pero keshe nemen. . ."

Natawa si Jonas, "Nahihiya ka?"

Napatango ako, "Oo naman, 'no. Hindi ako sanay na maghubad ng damit sa isang lalaki."

"Well kailangan mo ng magsanay dahil sa future gagawin niyo 'yan ng madalas," sagot ni Jonas na 'di ko naman naintindihan kung ano ang balak niyang ipahiwatig. Lumapit si Jonas sa may malaking aircon sa kwarto ni Elton saka ito pinatay. "Eto lang ang kaya kong gawin."

Maglalakad na sana si Jonas kaso bigla siyang napahinto nang mahagip niya 'yung mga picture frame na nakasabit sa may ibabaw ng cabinet ni Elton. Kinuha niya 'yung isang picture frame na pinaglalagyan ng larawan ni Elton na kasama ang maganda at mukhang artista niyang girlfriend.

Nilapitan ko si Jonas at napansin kong titig na titig siya sa larawan. May lungkot na nakaukit sa mga mata niya na 'di ko alam kung bakit. Nakakalungkot ba 'yung picture ni Elton at girlfriend niya? O, nalungkot siya dahil ang ganda 'nung babae at todo ngiti pero si Elton nakasimangot?

"Ang ganda talaga ni Beyonce, 'no?" pagsasalita ko nang nasa gilid na ako ni Jonas.

Nanatili pa rin siyang nakatitig sa picture nang sumagot siya, "Sinong Beyonce?"

"Yang girlfriend ni Elton," sagot ko kay Jonas.

Napatingin si Jonas sa akin saka napatawa, "Hindi Beyonce ang pangalan niya. Jennina kaya." sambit niya "Jennina San Jose." pag ulit niya sa tamang pangalan ng girlfriend ni Elton na parang para sa kanya ito na ang pinakamagandang pangalan na nasabi niya sa tanang buhay niya.

Ano bang maganda sa pangalang Jennina? E, hindi naman hamak na mas maganda ang Althea Josefa, 'no. Ang pangalan ko kaya kinuha sa goddess ng greek mythology. Si Goddess Josefa. Ang d'yosa ng mga suman.

Napatitig ako sa mukha ni Jonas na kasalukuyang ulit nakatingin sa larawan ni Elton at Katy Perry. Hindi ko alam kung bakit pero parang ang lungkot ng mga mata ni Jonas. Parang may panghihinayang siya sa sarili niya. Panghihinayang na 'di ko alam kung saan nagmula o baka naman masyado lang akong OA kasi nga snob ako sa personal at plastic pa.

Humugot muna siya ng malalim na buntong hininga saka ibinalik sa ibabaw ng cabinet 'yung larawan ni Elton at girlfriend niyang si Miley Cyrus.

Humarap sa akin si Jonas, "So, paano? Aalis na ako, ah."

"Hindi mo na ba hihintayin?"

"Hihintayin ang ano?"

"Na palayasin kita at ipagtabuyan?"

Natawa si Jonas, "Sira ka talaga!" sabi niya saka kinurot ang ilong ko.

Tumingin si Jonas kay Elton saka muling ibinalik ang tingin niya sa akin. Nagtaas-baba ang kilay niya saka tumango at tumalikod saka naglakad palabas ng k'warto ni San Goku. Nang mawala na sa paningin ko si Jonas saka naman ako napahugot ng malalim na buntong hininga. Hindi ko alam gagawin ko rito kay Elton.

Iwanan ko nalang kaya si Elton sa ganyang sitwasyon niya? Nahihiya kasi talaga akong palitan siya ng damit dahil hindi ako sanay. Hindi ko rin naman pwedeng iutos 'yun sa mga katulong at lalong lalo na kay student dahil tiyak magtatakip lang siya ng bibig habang nakatingin sa katawan ni Elton.

'E sa mga kapatid kaya ni Elton? Tiyak hindi rin papayag 'yung mga 'yun. Wala talaga akong ibang pagpipilian kundi ako nalang ang maghubad at magsuot ng damit kay Elton. Ako rin naman kasi talaga ang dahilan ng pagkasakit nitong ulagang Elton na 'to. HUHUHU. Ba't kasi ang shunga-shunga nito? Uso naman patilain muna ang ulan bago ako hanapin.

Lumapit ako sa kama ni Elton saka ko siya tinitigan. Kahit natutulog siya napapaingit siya. Ibigsabihin ang taas-taas talaga ng lagnat niya. Pinagpapawisan din siya at kinakailangan talagang palitan siya ng damit dahil 'yung suot niyang longsleeve 'e basang-basa na. Humugot ulit ako ng malalim na buntong hininga saka na sumampa sa kama niya at simulan na siyang pagsamantalahan—este hubaran ng damit.

Nanginginig ang kamay ko habang tinatanggal ang butones ng suot na longsleeve ni Elton. Kabado talaga ako. Pakiramdam ko biglang magigising si Elton at sasabihin niyang hahalayin ko siya. 'Wag lang sana mangyari 'yun dahil ihahampas ko talaga sa kanya 'tong lamp shade na nasa gilid ko para mawalan ulit siya ng malay. Ang mga snob sa personal hindi marunong manghalay, 'no.

Tagaktak na ang pawis ko nang huling butones nalang ang tatanggalin ko. Nang matanggal ko na lahat ng butones sumilip na ang dalawa niyang pinkness na nipples. Halos maglaway ako nang mapadako ang mga mahaharot kong mata sa tiyan ni Elton.

Jusko. Ang ganda talaga ng pagkakahulma ng mga abs niya. Masyadong perpekto. Talagang nakaumbok ito sa tiyan niya. Pati 'yung v-line niya na nakasilip sa puting brief niya. Jusko talaga. Nagkakasala ako ng wala sa oras. Idagdag mo pa 'yung mga pawis na nasa abs niya na nakatambay. Ang sexyness ni Eltoness kahit may feverness.

Kalokaness!

Wala sa sarili kong inilapat ang kanang kamay ko sa dibdib ni Elton. Dinama ko kung gaano ito katigas. Napahagikgik ako nang makumpira kong matigas nga ito. Sunod naman na dinama ko ang abs niya. Ang titigas din ng mga ito. Binilang ko ang abs niya at walo ang pagkakabilang ko. Walong matitigas na abs. Napangisi ako. Taray ni San Goku ang daming abs. Hindi tulad nung mga lalaki 'dun sa probinsya na anim lang ang abs at 'yung tatlo nasa mukha pa.

Gusto ko rin sanang damahin 'yung v-line ni Elton at sundan ang guhit nun pababa gamit ang daliri ko kaso 'wag nalang. Baka sa iba pa mapunta ang kamay ko 'edi naloka ako kapag nakahawak ako ng pututoy. Ang mga snob sa personal pa naman na gaya ko hindi sanay makakita at lalong 'di sanay makahawak ng putotoy. Mwahaha.

Tinapos ko na ang panghahalay—este pagpapakasasa ko sa perpektong abs ni Elton bago ko tinanggal 'yung suot niyang longsleeve ng tuluyan. Ngayon tanging pantalon na lamang ang nananatili niyang suot.

Maingat kong tinanggal ang butones sa may pantalon niya saka ito hinila pababa. Lumitaw tuloy ang bukol sa may ibabaw ng brief ni Elton kaya 'di ako nagpatalo. Hindi ko ito tinignan. Kahit na ang haharot na ng mga mata ko at nilalandi ako para silipin kahit limang segundo lang ang bukol ni Elton. Pero hindi. 'Wag mong titignan, Althea Josefa. 'Wag mong titignan ang bukol kasi—

"Ang laki naman ng bukol ni Elton sa brief niya," pagsasalita ko sa sarili ko "Nadapa kaya siya kaya siya may bukol diyan?" nagtataka kong tanong. "Hilutin ko kaya? Kapag may bukol kasi ako noon hinihilot ito ng lolo ko tapos kinabukasan nawawala na 'yung bukol." tanong ko sa sarili ko "Pero, 'wag na. Hayaan na 'yang bukol ni Elton."

Tinuloy ko na 'yung pagtanggal ng pantalon ni Elton hanggang sa mahubad ko na ito ng tuluyan. Ngayon tanging puting brief nalang ang suot niya habang nakahiga siya sa kama niya. Napaisip tuloy ako kung pati ba ang brief niya 'e kailangan kong tanggalin at palitan. Pero mukhang hindi naman ito nabasa ng ulan o pawis niya kaya 'wag nalang. Next time nalang siguro.

"WAAAAAHHHHH!!!" bigla akong nagitla nang may sumigaw mula sa likuran ko. Pag tingin ko andyan na pala si student at dala-dala 'yung mga pinakuha ko. Nakatalikod siya sa akin.

"Ba't may patali-talikod ka pa diyan, student? Anong eksena mo?" kunot noo kong tanong sa kanya.

"E, nakahubo si sir Elton, ma'am." sabi niya sa akin. "Hindi ko kayang tumingin, ma'am. Magkakasala ako."

"Ang dami mong arte pisting yawa. Akin na 'yang planggana at bimpo. Pupunasan ko pa katawan ni Elton." Iritado kong sabi sa kanya.

"Ehhhhh, ma'am naman."

"Hindi mo ibibigay 'yan?" saad ko "Ibibigay mo ba 'yan o ihuhulog kita rito sa balcony ng k'warto ni Elton." pananakot ko.

Napansin kong napanguso si student nang humarap siya sa akin at todo iwas siya ng tingin para 'di siya mapatingin sa hubad na katawan ni Elton. Mabilis niyang ibinigay sa akin 'yung planggana at bimpo saka muling tumalikod habang nanginginig pa. Naloka ata siya nang makita niya rin 'yung bukol sa brief ni Elton. Nalakihan din siya siguro.

"Ang laki ba?" tanong ko kay student habang pinupunasan ko na ang katawan ni Elton.

"Anong malaki, ma'am?" sagot ni student habang nakatalikod pa rin.

"Etong bukol sa brief ni Elton," tinuro ko pa 'yung bukol "Hilutin mo kaya, student?"

"Hala, ma'am. Nakakaloka ka." kinakabahang sagot ni student "Masamang hinihilot ang ganyang bukol. Baka mapasma, ma'am. Baka mas lalong lumaki."

Nagpaalam na sa akin si student na bababa na raw siya at papatulugin si Chris dahil masyado na raw gabi at may pasok pa 'yung bata. Nag-aaral pala 'yun? Akala ko kasi puro paglalaro lang inaatupag 'nun sa buhay. Si Klode naman daw nauna ng pumasok sa k'warto niya kasama si Majinbu.

Tuwang-tuwa raw si Majinbu nang sinabi ni Klode na tabi silang matutulog ngayong gabi. Bigla tuloy akong napaisip na kung ano na ang ginagawa 'nung hindut na bayut at 'nung malantong na biik ngayon since malamig pa naman ang panahon. Pero dedmaness nalang. Maliit naman pututoy ni Majinbu, 'e. Mwahahaha.

Natapos ko na punasan ang katawan ni Elton. Napaisip tuloy ako kung pati ba 'yung bukol niya kailangan din bang punasan o hindi na. Mas pinili kong hindi na dahil nangangalay na ang kamay ko. Kumuha nalang ako ng short saka sinuotan si Elton saka na rin ng sando. Pagtapos 'nun saka ko siya kinumutan dahil mukhang nilalamig pa rin si Elton. Kailangan niya ata ng yakap? Yakapin ko kaya? Charotness!

Pagod na pagod ako habang nakatitig sa mukha ni Elton na komportable ng natutulog. Mataas pa rin ang lagnat niya pero mukhang mawawala na rin naman ito kinabukasan. Wala sa sarili akong napangiti nang bumalik sa isipan ko na nag-effort 'tong ulaga na 'to sa paghahanap sa akin kanina. Sana pala 'di muna ako umuwi para mas matagalan siyang naghanap sa nawawalang promdi girl.

Pero ang gwapo ni Elton kahit natutulog. Ang kalmado ng mukha niya. Mukha siyang artista o mas gwapo pa nga siya sa mga sikat na artista ngayon. Masyadong maswerte ang girlfriend niya sa kanya kasi sa kanya napunta ang kagaya ni Elton na kahit palaging iritado, aburido, matambok naman ang pwetan. Saka halatang mahal na mahal

siya ni Elton, e. Kita niyo naman na walang pinapansin na ibang babae si Elton. Kasi kung iba 'yan na may ganyang mukha kay Elton saka mayaman pa? Tiyak lalandi ng iba 'yan habang wala ang girlfriend nila.

Bigla tuloy akong na-curiousness kapag magkasama si Elton at girlfriend nitong si Ariana Grande. Ngumingiti kaya si Elton? Tumatawa? Nagiging sweet? O nagiging bata kapag kasama niya si Nicki Minaj? Nawawala ba ang pagiging iritado at aburido ni Elton kapag kasama niya si Tiya Pusit? Ganun naman, 'di ba? May side tayo na sa pinakamamahal lang natin ipinapakita?

Kasalukuyan akong nakatitig kay Elton at sinasamba ang gwapo niyang mukha na natutulog nang may marinig akong katok mula sa pintuan. Pag tingin ko 'dun nakita ko si Klyde na basang-basa ang buhok at damit. Mukhang naulanan din siya. Nagpaulan siya? 'Yung taas-taas niyang buhok kanina ngayon nakabagsak na lahat. Natatakpan na ang mga mata niya kaya niya hinawi ang buhok niya pataas. 'Yung sando niya kumapit na ng husto sa katawan niya. Grabe rin katawan ni Klyde. Bumabakat ang muscles niya.

"Anong nangyari sa'yo? Ba't basang-basa ka?" nagtataka kong tanong. Nanatili pa rin akong nakaupo sa may kama ni Elton at 'di nilalapitan si Klyde.

"Naulanan ako," sagot niya habang nakatingin sa akin "Pakiramdam ko magkakasakit din ako."

"Ha? Uminom ka ng gamot!" mabilis kong sagot "Magpalit ka ng damit 'dun."

Hinawakan ni Klyde ang ulo niya, "Ang sakit ng ulo ko, Althea. Kailangan ko ng mag-aalaga sa akin. Hindi ko kayang bihisan ang sarili ko. Nanghihina ako. Nanlalambot tuhod ko." madrama niyang sagot. "Mamamatay na ata ako." sabi niya na parang nahihirapan na.

Napakunot naman ang noo ko, "Puntahan mo si student sa kwarto ni Chris. Humingi ka ng gamot sa kanya at magpabihis ka na rin." saad ko "Wag ka masyadong maingay. Natutulog kuya mo."

Seryosong napatingin si Klyde sa akin. Hindi ko mabasa ang itchura niya. Basta titig na titig siya habang nakasimangot na parang nainis bigla. Naging kamukha niya tuloy si Elton dahil sa pag simangot.

"Puro ka Elton. Elton here. Elton there. Ewan." Iritadong sagot ni Klyde saka tumalikod at padabog na naglakad paalis sa may pintuan. "Ang slow. Nakakainis."

Rinig na rinig ko kung gaano kalakas ni Klyde isinarado ang pintuan ng kwarto niya kahit medyo malayo na ang kinalulugaran nito mula sa kwarto ni Elton. Anong eksena 'nun? Biglang nagdrama. May nasabi ba akong mali o kinainis niya para sabihin niyang puro nalang ako Elton?

Hinayaan ko nalang si Klyde sa drama niya sa buhay at itinuon ulit ang paningin ko

kay Elton. Ang mga snob sa personal na kagaya ko dapat sa isang tao lang naka-focus.

Biglang napainggit si Elton saka gumalaw. Bahagyang bumukas ang mga mata niya. Akala ko gising na siya pero hindi. Mukhang nagdidiliryo lang dahil sa taas ng lagnat. Naawa naman agad ako. Ang mga snob sa personal kasi at plastic na kagaya ko mabilis maawa sa may matambok ang pwetan at may malaking bukol sa brief na kagaya ni Elton.

"Jennina. . ." pagsasalita ni Elton. Pahilig-hilig ang ulo niya sa kaliwa at kanan. "Jennina. I miss you so much. I want to see you." nagmumura si Elton habang natutulog.

"Sssshhhh. Matulog ka lang at 'wag kang magmura. Ulagang 'to." tinapik-tapik ko ang braso ni Elton na parang bata. Ganito ang ginagawa sa bata para mas mabilis makatulog, 'di ba? "Tulog na, baby. Tulog na, baby damulag na may bukol sa brief at matambok ang pwetan.♪♫." napakanta pa ako.

Habang tinatapik ko ang braso ni Elton niyang hinawakan ang kamay ko ng mahigpit kaya napatigil ako. Saka siya napatingin sa akin. Titig na titig si Elton sa akin kahit na bahagya pa ring nakabukas ang mga mata niya.

"Jennina." maling pagtawag niya sa akin. Sino ba 'yang lechugas na Jennina na 'yan? "Miss na miss na kita." naging iba ang boses ni Elton. Bedroom voiceness na. Ang sexyness ng boses ng walangya. I cannotness!

"Hindi ako si Jennina, ulaga ka!" pag sermon ko sa kanya habang binabawi ang kamay kong mahigpit niyang hawak-hawak. "Bitiwan mo nga ako."

"Jennina," muli niyang pagtawag sa akin. Saka niya ako hinila ng malakas. Bigla tuloy akong napapatong sa katawan ni Elton habang nakahiga siya sa may kama. Nasa ibabaw niya ako jusko. Ramdam na ramdam ko ang init ng katawan ni Elton dahil dumidikit ang balat niya sa akin.

Todo ang paggalaw ko pero hindi pa rin ako makaalis. Ang higpit ng pagkakakapit ni Elton sa may likuran ko kaya mas lalong nagdidikit ang katawan naming dalawa.

"Ano ba, San Goku? Bitiwan mo sabi ako, e." todong pagpupumiglas ko "Matulog ka nga lang—" napatigil ako sa sinasabi ko dahil sa biglaang ginawa ni San Goku sa akin.

Bigla niyang idinikit ang labi niya sa labi ko. Lapat na lapat. Ang lambot ng labi ni Elton. Para akong natutunaw habang magkadikit ang mga labi naming dalawa. Hindi ako nakapag-isip ng gagawin ko. Pakiramdam ko nag blanko biglaan ang utak ko at 'yung labi lang ni Elton ang tanging nasa isip ko. Gumalaw ang labi ni Elton habang nakadikit pa rin ito sa labi ko. Nanlambot ang mga tuhod ko.

Napatingin ako sa mga mata ni Elton. Titig na titig siya sa akin, "Mahal na mahal kita." seryoso niyang pagsasalita. Ramdam na ramdam ng labi ko ang labi niya habang

nagsasalita. "Jeninna, I love you."

Mabilis ko siyang sinuntok sa mukha nang banggitin na naman niya ang ibang pangalan. Sa sobrang lakas ng suntok ko agad nawalan ng malay si Elton at muling bumalik sa pagtulog.

Nanatili akong nakatitig sa kanya habang hawak-hawak ang sarili kong labi na hinalikan ni Elton. Nanginginig ang buong katawan ko sa 'di ko alam na dahilan. Unang halik ko 'yun. 'Yung unang halik ko na sa future husband ko sana ibibigay kinuha lang ni Elton na walang kahirap-hirap. Gusto kong magwala. Gusto kong sumigaw. Gusto kong magtalon-talon sa sobrang inis pero tinatamad ako. Bukas nalang.

Hindi ko pa rin binibitawan ang labi ko nang mapatingin ako kay Elton. Nasa ganun akong posisyon nang bigla akong natakot sa ideya na biglaang pumasok sa isipan ko. Isang ideya na alam kong darating ang panahon na si Elton mismo ang unang wawasak sa birhen kong puso.

Diyos ng mga suman naman, 'o. Ano ba 'tong pinasok ko?

Itutuloy. . .

==========

Chapter 16

Nawawala na ang comments. Paano mananalo si Altheang Bobita? HUHU! Natatagalan na rin tuloy ako sa pag update. Comment, please, para sa ikakatalino ni Josefa! Hahaha!

THAT PROMDI GIRL written by owwSICChapter 16

Mahalaga sa akin ang first kiss ko. Gusto ko kasi itong ibigay sa magiging asawa ko na ihaharap ako sa altar sa pag dating ng tamang panahon. Gusto ko, if everness, ang unang halik ko ay makukuha lamang ng lalaking handang ialay sa akin ang buong buhay niya. 'Yung mamahalin ako foreverness kahit wala namang forever. Gusto ko 'yung unang halik ko ay pagsasaluhan naming dalawa sa harap ng altar, sa harap ni pader—para inggitin siya, at sa harap ng mga taong naging saksi sa pagsusumpaan naming dalawa ng magiging asawa ko.

Sa ganung paraan ko na-imagine ang unang halik na mararanasan ko. Kaya hindi ko ito basta-basta ibinibigay sa mga taga-probinsiya na pumuporma sa akin noon. Kahit na sinusuhulan pa nila ako ng sandamakmak na niyog panggawa ng maraming suman. Kahit na bibigyan daw nila ako ng maraming gatas na galing sa birhen na kambing. Kahit na araw-araw daw nila akong pag-iigib ng tubig basta ba raw ay makakuha sila ng halik mula sa pretty na gaya ko.

Pero ni isa sa kanila wala akong pinagbigyan. Nanatili akong snob sa personal. Kahit na 'yung mga kababata ko 'e may first kiss na sa edad na sampung taong gulang at 'yung iba sa kanila may anak na noong 11 years old palang kami. Hindi ako nainggit sa kanila. Para sa akin kasi ang halik ay isa sa mga sagradong gawain na ibinibigay mo lang dapat sa taong mamahalin mo.

Tapos ngayon. Itong walangyang timawang Elton na 'to hahalikan lang ako nang ganun-ganun nalang? Kukunin niya ang unang halik ko na walang pasabi? 'Yung iniingatan ko ng ilang taon nawala na sa akin ng isang iglap dahil lamang sa punyemas na San Goku na ito na may matambok na pwetan? Hindi ko talaga kinaya. Kaya ngayon gigil na gigil ako sa kanya. Gusto ko bunutin ang lahat ng buhok niya sa katawan.

Nanatili akong nakatitig sa kanya at inaabangan kung muli ba siyang gigising. Pero mukhang mahimbing na ang tulog niya. Napalakas ata ang pagkakasapak ko sa mukha niya. Pero kiber. Hindi ko pinagsisisihan na sinapak ko siya. Nararapat lamang iyun sa kanya dahil sa pagnanakaw niya ng first kiss ko.

Sumampa ako sa katawan ni Elton at umupo ako sa tiyan niya. Hinawakan ko 'yung sando niya ng mahigpit gamit ang dalawang kamay ko saka ko siya inalog-alog para gisingin. Wala akong pakialam kung may sakit pa siya ngayon. Ang mga snob sa personal na gaya ko walang pakialam sa taong may sakit na magnanakaw ng halik. Gusto kong ibalik niya 'yung halik ko.

"HOY, SAN GOKU! Walangya kang timawa ka! Gumising ka diyan!!" sigaw ko sa kanya habang inaalog-alog pa ang katawan niya. "Ibalik mo 'yung halik ko! Hindi dapat sa'yo mapupunta 'yun! Punyemas naman, San Goku. Ba't ang sama-sama mo sa akin? Ibalik mo 'yung first kiss ko! Hoy! Ibalik mo!!"

Todo sigaw at alog na ang ginagawa ko sa kanya pero nanatili siyang nakapikit at mahimbing na natutulog. Parang wala siyang nararamdaman sa mga ginagawa ko sa kanya. May panguya-nguya pa nga ang punyemas na 'to. Parang nasarapan sa halik ko na ninakaw niya. Bwisit talaga. Inalog ko muli siya ng ilang ulit pero dedmaness pa rin ang Kuya Elton niyo.

"Ayaw mo gumising, ah. Nanakawin ko nalang pabalik ang halik ko mula sa'yo!" pagbabanta ko sa kanya. Iniangat ko ang ulo ni Elton saka ako yumuko at idinikit ko ang labi ko sa kanya. Muli kong naramdaman 'yung lambot ng labi ni Elton nang dumikit ang sarili kong labi sa labi niya. Tinagalan ko ito ng limang segundo bago ko pinaghiwalay ang mga labi namin.

 "Ano? Hindi ka talaga gigising? Nabawi ko na ang halik ko. Akala mo, ah! Matalino ata 'tong kinalaban mo." mayabang na pagsasalita ko tulog na tulog na Elton. Saka ako napangisi dahil sa naisip kong kalokohan. "Kung kanina ikaw nagnakaw ng una kong halik. Ngayon, nanakaw din ako sa'yo ng halik. Hindi mo iyun mababawi dahil tulog ka naman at walang malay." sabi ko saka ako napahalakhak dahil sa matalinong paghihiganti ko.

Binitawan ko ang pagkakahawak sa sando ni San Goku saka ako umupo sa gilid niya. Hinawakan ko ang ulo niya para hindi ito tumagilid. Nang naka-straight na ang mukha ni Elton bigla na naman akong napangisi. Saka ko ulit siya hinalikan at ninakawan ng halik. This time pinatagal ko ng sampung segundo ang pagkakadikit ng mga labi

naming dalawa. Pinaramdam ko talaga sa labi ko at malambot na labi ni San Goku. Kung akala niya maiisahan niya ako, pwes, nagkakamali siya. Ako ang nakaisa sa kanya.

Nang magsawa na ako sa pagnakaw ng halik kay Elton binitawan ko na ang ulo niya. May laway pa ako na tumulo sa labi ng gilid ni Elton dahil nga nakayuko ako sa mukha niya. Mabilis ko itong pinunasan at saka tumayo na sa harap ng kama niya.

"Hindi mo ako maiisahan, Elton. Akala mo ikaw ang nakanakaw ng halik sa akin, ah. Neknek mo. Ako ang nakanakaw sa'yo. Tignan natin kung makaganti ka. Bwahaha," pagkausap ko sa kanya "Nabawi ko na ang una kong halik. Nakaganti pa ako sa'yo. Hindi lang talaga ako prettyness.Brightness din."

Tinignan ko si Elton nang ilang segundo saka na ako lumabas ng kwarto niya. Masyado ng lumalalim ang gabi at kailangan ko na rin magpahinga. Hindi ako pwedeng 'dun sa kwarto ni San Goku matulog dahil baka kapag nagising siya na tulog ako 'e siya naman ang magnakaw ng halik. 'Edi nawala ang senseness ng pagganti ko, 'di ba? Hindi naman ako bobita para hayaan siyang makaganti, 'no.

Ako lang pala ang matutulog sa sarili kong kwarto ngayon dahil si Majinbu 'dun natulog sa kwarto ni Klode. Tuwang-tuwa na naman siguro 'yung biik na 'yun. Ano kayang ginagawa 'nung dalawa? JUSKO. Ayokong isipin. Ayokong isipin na sinusubukan ng hindut na bayut na kabayo at ng isang biik na malantod na gumawa ng baby. Ayoko talaga isipin dahil nakakaderder lang sa utak.

Kanina pa ako paikot-ikot dito sa mansion pero naliligaw na naman ako. Hindi ko na naman maalala kung saan ba 'yung daanan papunta 'dun sa sarili kong k'warto. Nasaulo ko na 'yun nakaraan, 'e. Sa kanan ba ako lalakad o kaliwa? Sa kaliwa ako naglakad pero sa kusina naman ako napunta. Bumalik ako. Sa kanan naman ako lumakad. Stillness, sa kusina na naman ako nakarating. Napatigil ako saka napaisip.

Mukhang isang sign ito na 'wag ko ng pilitin na makarating sa sarili kong k'warto ngayong gabi. Siguro dito nalang ako sa kusina matutulog. Mabuti nalang maliwanag dito at hindi nakakatakot. Kumuha ako ng sapin sa lamesa na nakalagay sa cabinet sa gilid. Kulay asul ang nakuha kong sapin saka ito inilatag sa sahig. Humiga na ako. Matigas at masakit sa likod pero keri lang. Ang mga snob sa personal na gaya ko ay walang pinipiling tutulugan.

Muli kong naalala 'yung matalinong paghihiganti ko kay Elton kanina. Napangisi na naman tuloy ako. Akala niya maiisahan niya ako, ah. Mukha niya. Walang nakakaisa sa tulad ko. Althea Josefa maiisahan niya? Ha? Nagpapatawa ba siya? Ako tuloy ang nakaisa sa kanya. Nabawi ko na ang una kong halik nakaganti pa ako sa kanya.

Humikab na ako. Kailangan ko ng matulog. Ang mga snob sa personal na gaya ko hindi dapat nagpupuyat dahil baka pagkagising ko bukas hindi na ako snob sa personal. Nakakatakot iyun isipin.

Sa pag pikit ko nang mga mata ko bigla akong bumalik sa probinsya namin. Hindi ko alam kung papaano ito nangyari. Basta namalayan ko nalang na nakatayo ako sa tapat ng bahaykubo namin dito sa probinsya. Wala itong pinagbago. Ganun pa rin nang

iniwan ko ito papuntang maynila.

Naglakad-lakad ako sa bakuran namin. May nakita akong dalawang bata 'dun sa may ilalim ng punong manga na nakatanim sa likod ng bahay. Isang batang lalaki at isang batang babae. Mukhang mas matanda 'yung batang lalaki kaysa 'dun sa babae dahil mas matangkad siya. Pilit kong inaaninag 'yung mukha 'nung dalawang bata pero 'yung mukha ng batang babae lamang ang nakikita ko. Prettyness 'yung batang babae. Parang ako lang. 'Yung mukha nung batang lalaki naman malabo. Blanko lamang ito at tanging labi lang ang nakikita ko ng maayos.

Pinagmasdan ko ang ginagawa nilang dalawa. Umiiyak 'yung batang babae sa 'di ko alam na dahilan habang pinapatahan siya 'nung batang lalaki na nasa harapan niya. Nag-uusap silang dalawa. Medyo malayo ako sa kanila kaya lumakad ako. Gusto kong lumapit sa kanila pero 'di ko maigalaw ang mga paa ko.

Dalawang dipa nalang ang layo nila mula sa akin. Sapat na itong layo para marinig ko ang pinag-uusapan nilang dalawa at malaman ang pag-iyak 'nung batang prettyness na kamukha ko noong bata pa ako.

"Why are you crying?" pagmumura 'nung batang lalaki 'dun sa batang babae na umiiyak. Umiiyak na nga 'yung batang kamukha ko minumura niya pa. Grabehan na itu.

"Minumura mo ba ako?" sagot 'nung batang babae kaya bigla akong napatawa. Parehas kaming dalawa na magaling sa english. Top 2 din kaya siya? Siguro top 2 din siya kasi kamukha ko siya, 'e. 'Yung mukha niya ganyan na ganyan 'yung mukha ko noong bata pa ako.

"No. Hindi kita minumura." natatawang sagot 'nung batang lalaki "Sabi ko, bakit ka umiiyak? Sino nagpaiyak sa'yo?" ramdam ko 'yung pag-aalala sa boses 'nung batang lalaki.

"Ah akala ko minumura mo ako,'e. Hindi mo dapat minumura ang mga kagaya kong plastic at snob sa personal," sagot 'nung batang kamukha ko "Umiiyak ako kasi pinagkaisahan ako 'nung mga kalaro ko."

"Bakit? Anong ginawa nila sa'yo?" naging seryoso 'yung boses 'nung batang lalaki. Parang nainis siya sa sinumbong 'nung batang kagaya ko na plastic at snob din sa personal.

"Sabi nila kawawa raw akong bata. Kasi. . kasi wala akong Itay at Inay," napaiyak na naman 'yung batang babae. Parehas na parehas talaga kaming dalawa. Ganun din ako umiyak noong bata pa ako. 'Yung tulo na ang sipon at halos kumalat na ito sa pisngi. "Sabi pa nila kawawa raw ako kapag namatay si Lolo ko. Kasi. . . Kasi maiiwan ako mag-isa."

"Sinabi nila 'yun?" pag-ulit nung batang lalaki "Sabihin mo sa akin kung sino nagsabi sa'yo 'nun at bubugbugin ko." galit na galit na sambit 'nung batang lalaki. Parang sa mura niyang edad kaya niyang makipagpatayan sa kung sino ang magpapaiyak sa batang babae. "Ayokong pinapaiyak ka ng kahit na sino. Ako ang makakalaban nila.

They do not have the any rights to make you cry because your tears are too precious to me." napahinto siya sa pagsasalita "And, hindi kita minumura."

"Wag na. Hayaan nalang natin sila." sagot naman nung batang babae "Hindi ko nalang sila papansinin. Tutal naman snob ako sa personal, 'e."

Bigla akong napangiti sa sagot nung batang babae at mas lalo pa akong napangiti nang makita ko 'yung ginawa 'nung batang lalaki. Pinunasan niya 'yung luha 'nung batang babae gamit ang sarili niyang damit na walang kaarte-arte. Napangiti 'yung batang babae nang dahil sa ginawa niya.

"Ayan, nag smile ka na. 'Wag ka ng malulungkot. Kasi mas maganda ka kapag naka-smile ka."

"Talaga, Ton-ton?" magiliw na sagot nung babaeng bagets. "Maganda ako?"

Tumango 'yung batang may pangalang Ton-Ton, "Yes! Maganda ka. Magandang maganda parang si Mommy ko," sagot niya habang nananatili pa rin siyang nakangiti. "Wag ka mag-aalala kahit wala kang Mommy at Daddy. Kasi kapag malaki na tayong dalawa papakasalan kita. Tapos gagawa tayo ng sarili nating pamilya. Para 'di ka na ma-sad."

"Magpapakasal tayo?" gulat na sagot nung babaeng bagets. "Pero bata pa tayo. Saka baka 'di pumayag ang mga lolo natin."

"Ba't naman sila 'di papayag? I'm sure papayag sila since they're friends," sagot nung batang lalaki "Saka kung 'di sila pumayag. Ipaglalaban kita. Basta kapag malaki na tayo magpapakasal tayo. 'Di ba pangarap mo 'yun? 'Yung maikasal sa malaking simbahan, Thea?"

Napatango 'yung batang babae na may pangalang Thea, "Oo, Ton-ton. Pangarap ko 'yun saka magsusuot ako ng mahabang ballgowness. Tapos habang naglalakad ako makikita kitang umiiyak kasi gandang-ganda ka sa akin." napahagikgik 'yung batang babae dahil sa kechosan niya.

"Great! It's settled then. Tayong dalawa ang magpapakasal kapag malaki na tayo." hinawakan 'nung Ton-Ton ang kamay ni Thea "Tara. Puntahan natin sila Lolo natin at ipapaalam natin sa kanila na magpapakasal tayo kapag malaki na tayong dalawa."

"Tara! Nasa labasan silang dalawa, 'e." pag sang-ayon naman nung Thea.

Tumakbo na silang dalawa na magkahawak ang mga kamay. Pansin na pansin ko 'yung pag ngiti 'nung batang lalaki na may pangalang Ton-ton. Kakaiba ang pag ngiti na pinapakita niya 'dun sa batang si Thea. Kung ngumiti siya parang buo na talaga ang loob niya para pakasalan itong si Thea kapag laki nilang dalawa.

Parang sa murang edad niya nakikita na agad niya ang futureness niya na masaya sa

feelingness 'nung batang si Thea. Nakakatuwa lang silang dalawa kasi walang forever. Chos. Nakakatuwa silang dalawa kasi sa murang edad nilang dalawa napagdesisyunan na nila na sila ang magpapakasal pag dating ng tamang panahon.

Hahabulin ko sana silang dalawa pero unti-unti ng nawawala ang paligid. Hindi rin ako makagalaw sa kinatatayuan ko. 'Yung bakuran namin at 'yung bahaykubo ay tuluyan ng naglaho. Tanging blangkong itim na lamang ang nakikita ko sa buong paligid. May nararamdaman din akong tumatapik sa braso ko na paulit-ulit. Parang ginigising ako.

"Ma'am, Althea. Gising na po. Ma'am. . ." may boses ng lalaki na nagsasalita.

Pagdilat ko nang mga mata ko agad tumambad sa akin ang leeg ni Kuya Rudolf na maitim. Nakakaloka. Akala ko ba batok lang ang maitim sa kanya?Bakit pati leeg niya ngayon nasakop na ng darkness?

Nakayuko siya habang nakatingin sa akin. Antok na antok naman akong napabangon mula sa pagkakahiga at nilibot ang paningin ko sa paligid. Bakit andito ako sa kusina natulog?

"Bakit andito ako sa kusina?" pagtatanong ko kay Kuya Rudolf.

"Siguro po naligaw na naman kayo at 'di niyo alam ang papunta sa kwarto niyo kaya dito nalang kayo sa kusina natulog," sagot ni Kuya Rudolf "Di ba ganun din nakaraan, ma'am? 'Dun kayo sa tabi ng bahay ng aso ni Chris natulog kasi naligaw din kayo?"

"Ahhh. Tama ka diyan, Kuya Rudolf. Ang sarap mo tuloy lagyan ng malaking tsek sa noo mo." sagot ko saka humikab dahil inaantok pa ako. Tama nga si Kuya Rudolf. Naligaw nga pala ako kagabi kaya dito nalang ako sa kusina nagpalipas ng gabi.

Bigla rin akong napatitig sa kawalan kasi naalala ko 'yung panaginip ko kanina. Pero 'di ko na ito mabalikan ng maayos. Ang tangi ko nalang naaalala ay may dalawang batang naglalandian sa harapan ko na may pangalang Ton-ton at Thea. Sino kaya 'yung dalawang 'yun ng mapektusan ko. Ke-bata bata pa ang haharot na.

"Ma'am, ayos lang po kayo? Napatulala po kayo diyan." muling pagsasalita ni Kuya Rudolf na maitim ang batok noon pero maitim na rin ang leeg ngayon. Asawa siya ni Ate Betty na mataba na muntik kumatay kay Majinbu. Mag-asawang 'to mga papansin sa buhay ko. Tse.

"May naalala lang akong itanong sa'yo, Kuya Rudolf." sagot ko saka tumayo.

"Ano po 'yun, ma'am?"

"Anong sabon gamit mo?"

"Safeguard po, ma'am. Bakit?"

"Safeguard?" tanong ko pabalik "Yang safeguard na ba 'yan 'e ang flavor ay uling? Itim ng leeg at batok mo, e." napanganga si Kuya Rudolf sa sinabi ko. "Uy! Si Kuya Rudolf may gulat factor pang nalalaman. Kunwari 'di niya alam na maitim ang leeg at batok niya." sabi ko saka tumawa ng tumawa. "Ingatan mo 'yang leeg at batok mo, Kuya. 'Yan ang nagustuhan sa'yo ni Ate Betty na mataba."

"Si ma'am talaga ang aga-aga akong niloloko." nakitawa rin si Kuya Rudolf sa akin.

"Wag mo kong tawaging ma'am. Wala akong student na 'di naghihilod ng leeg at batok."

Huli kong sinabi saka na lumakad palabas ng kusina. 'Di ko sigurado kung narinig ba ni Kuya Rudolf o hindi 'yung sinabi ko. Pero dedmaness nalang kung 'di niya narinig. Ang mag snob sa personal na gaya ko hindi na dapat inuulit ang sinasabi niya.

Pumunta muna ako sa k'warto ko para mag-ayos ng sarili at magsuklay. Medyo sumakit ang likuran ko dahil sa tigas ng hinigaan ko. Hindi na ako sanay na matigas ang hinihigaan. 'Yung kama ko kasi sa sarili kong k'warto 'e malambot. Kahit na napag-alaman kong luma itong kama ni Klode dati. Kaya pala amoy hindut na bayut na kabayo 'yung kama. Siya pala ang dating may-ari.

Nang makapag-ayos na ako agad na rin akong lumabas ng k'warto ko para mag tungo sa dining area para makapag-almusal. May trabaho pa pala ako ngayon sa kompanya nila Elton. Kumusta na kaya si Elton? Okay na kaya 'yung pakiramdam niya? Kung 'di siya papasok ngayon siguro magpapahatid nalang ako kay Kuya Rudolf na maitim ang batok at leeg.

Habang naglalakad muli akong napangisi. Naalala ko na naman kasi 'yung nangyari kagabi sa pagitan naming dalawa ni Elton. Ha! Akala niya siguro maiisahan niya ako. Ako tuloy ang nakanakaw ng halik sa kanya. Hihihi. Infairness 'dun sa Elton na 'yun, ah. Hindi lang pala matambok ang pwetan. Malambot din ang labi niya. Tuwang-tuwa siguro 'yung girlfriend niyang si Lady Gaga sa kanya. Siguro kapag nag ki-kiss silang dalawa palagi siyang napapa-applauseness.

Pag dating ko sa dining area bigla akong napanganga. Naabutan ko kasing andun na agad si Elton na busy sa ginagawa niya. Nag la-laptop siya habang nagkakape. Naka-topless ang kuya Elton niyo. An gaga-aga naman magpakita ng muscles at abs nito. Nakakagutom tuloy.

Okay na kaya agad pakiramdam niya?

Napansin niya atang nakatayo ako sa gilid kaya napatingin siya sa akin. Bigla na namang kumunot ang noo niya. Napansin ko rin 'yung black-eye sa mata niya. May sumapak ba sa kanya?

"Good morning. Hehehe. Ayos ka na pakiramdam mo?" naiilang kong tanong sa kanya saka na ako umupo sa lamesa. Magkatapat kaming dalawa ngayon.

Tumango siya, "Yeap. Maayos na pakiramdam ko. Nabanggit ni Nicca sa akin na ikaw raw nag-alaga sa akin. Salamat by the way." sabi niya saka uminom ng kape "Pero 'di ko nakakalimutan ang ginawa mo. Ilang beses kitang pinaalalahanan na 'wag kang aalis pero umalis ka pa rin. Wala ka bang utak?"

"Meron naman, 'no." sagot ko "Pero ba't mo ko hinanap? Sabi mo 'di ka maghahanap ng bobitang promdi na nawawala?"

"As if I have a choice," iritado niyang sagot "Tumawag kahapon si Lolo sa company at hinahanap ka sa akin. Kung 'di ka lang niya hinanap 'di naman kita hahanapin, 'no. Wala naman akong pakialam sa'yo, 'e."

"Talaga?" gulat kong sagot "Wala rin naman akong pakialam sa'yo, e. Parehas tayo. Destiny ba 'to?"

Kumunot ang noo ni Elton, "Destiny my ass."

"Destiny my ass," panggagaya ko sa kanya "Mabuti nalang malambot ang labi mo."

"May sinasabi ka?"

Tumingin ako kay Elton, "Wala, 'no. May narinig ka ba?" sagot ko "Ay, San Goku. May itatanong pala ako sa'yo. May naalala ka ba kagabi?"

"Anong kagabi?" seryoso niyang sagot.

"Kagabi. Kung may naaalala ka sa nangyari." napangisi ako "Yung ginawa mo sa akin."

"What the fuck? Anong ginawa ko sa'yo? Wala akong natatandaan. Hoy, Promdi. 'Wag kang gumawa ng kwento. Wala akong pagnanasa sa'yo."

"Wala raw, sus." sagot ko "Hinawakan mo kaya boobs ko ng ilang ulit. Naughty ka, San Goku. Naughty ka!" pangangasar ko sa kanya.

Muntik ng maibuga ni San Goku 'yung iniinom niyang kape nang dahil sa sinabi ko. Napaimpit tuloy ako ng tawa dahil 'dun. Ang sarap talagang asarin ng walangya na 'to. Asar talo. Pikon. Matambok ang pwetan. Malambot ang labi. Pero 'di ko sasabihin sa kanya na nagnakawan kaming dalawa ng halik dahil baka gumanti siya at muli na naman akong gumanti dalawa. Edi walang katapusang gantihan ang gagawin naming dalawa.

Mukhang busy si Elton sa ginagawa niya at mukhang trabaho ito kaya pinabayaan ko

nalang siya. Pinagmasdan ko nalang siya kung papaano mag trabaho. Ang gwapo niya grabe. Araw-araw ata nadagdagan ang kagwapuhan niya, 'e. Mas lalo siyang gumagwapo kapag kumukot ang noo niya at naiinis. Nakatitig ako sa mukha niya hanggang sa mamalayan ko nalang ang sarili kong nakatitig sa labi ni Elton na pinkish din gaya ng nipples niya. Parang ang sarap ulit halikan ni Elton. Nakakamiss ang malambot niyang labi.

"Elton," pagtawag ko sa kanya. Seryoso rin akong nakatitig sa kanya.

"Ano?" iritado siyang napatingin sa akin. Kunot ang noo. Damn-ness. Lalong pumogi si Kuya Elton niyo.

Nag beautiful eyes ako habang nakatingin sa kanya. Sinusubukan kong magpa-cuteness. "May sasabihin ako."

"Ano nga? Sabihin mo na at may tinatapos akong trabaho." aburido niyang sagot.

"I-kiss mo nga ulit ako." wala sa sarili kong request sa kanya.

"ANO?" gulat na sagot ni Elton at sa sobrang gulat niya nahulog siya sa kinauupuan niya.

Napakunot tuloy ako ng noo. May mali ba sa sinabi ko?

==========

Chapter 17

Use #ThatPromdiGirl kapag mag popost kayo sa twitter o instagram about this story.

Comment and vote sa ikakapanalo ni Bobita! Mawahaha.

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 17.

Boredness na boredness ako habang pinagmamasdan lang maglaro si Majinbu at Klode ngayon sa harapan ko. Enjoy na enjoy ang hindut na bayut at malantong na biik sa ginagawa nilang paglalandian. Hinabahol ni Klode si Majinbu at kapag nahabol niya ito saka kinikiliti ng kabayo ang biik na snob. Sa ginagawa nilang dalawa parang nakakalimutan nilang andito rin kaming dalawa ni Chris sa garden at kasama nila. Parang pag-aari nilang dalawa ang mndo. Silang dalawa lang ang nag-eenjoy habang ako 'e super mega boredness na talaga.

Dalawang araw na ang nakakalipas simula nang gumaling si Elton mula sa lagnat niya. Pero kahit magaling na siya hindi pa rin kami pumapasok sa kumpanya. Kaya eto ako walang magawa at tengga rito sa mansion. Ayoko naman makipagplastikan sa mga

katulong minu-minuto dahil nakakasawa rin naman na gawin iyun. Ang mga snob sa personal pa naman na gaya ko 'e madaling manawa sa kaplastikan niya.

Akala ko naman once na gumaling siya makakabalik na ako sa pagtatrabaho pero hindi pa rin pala. Nami-miss ko na si baby suman ko dahil dalawang araw ko na iyun 'di nakikita. Ano ba'ng plano ni Elton sa buhay niya? Nakakainis, ah. Kapag talaga ako napikon diyan kay Elton muli siyang makakatikim ng halik na galing sa Diyosa ng mga suman na may pangalang Althea Josefa. Sana pikunin niya pa ako lalo. Hehe.

Mula rin nang gumaling si Elton bihira siyang lumabas ng k'warto niya o ng library ni Lolo Andres. 'Dun lang siya palagi naglalagi at may tinatapos daw na trabaho. Sabi ni Klode ganun daw talaga si Elton kapag may minamadaling trabaho. ikinukulong ang sarili niya para iwas abala. Bihira ko tuloy makita 'yung abs at v-line niya na kadalasang palakad-lakad lang kapag hindi siya busy.

Kahapon nagpaalam ako kay Elton na kung 'di siya papasok magpapahatid nalang ako kay Kuya Rudolf sa kumpanya para naman makapagtrabaho ako. Sinabi ko rin sa kanya na nami-miss ko na rin kasi si Jonas. Pero ang walangyang timawa sinigawan lang ako. Halos maglabasan na 'yung ugat niya sa mukha kakasigaw sa akin. Hindi raw ako maaaring pumasok mag-isa sa kumpanya dahil tiyak may gagawin na naman akong kabobohan. Kapag daw kasi inaalis niya ang mata niya sa akin may katangahan akong ginagawa. Kailan ako may ginawang kabobohan, aber? Ba't wala akong maalala.

Todo pilit pa sana ako pero 'di niya talaga ako pinagbigyan. Hinila niya lang ako palabas ng library at tapos na raw kami mag-usap dalawa. Sabi ko pa sa kanya iinom ako ng clorox kapag 'di siya pumayag pero ang tangi niya lang isinagot 'e siya pa raw bibili ng clorox with matching sabong panlaba pa raw basta ba'y sa harapan niya ako iinom 'nun. Natakot naman ako kaya ang sinabi ko next time nalang kapag boredom strikeness na talaga ang peg ko.

Napahugot na naman ako nang buntong hininga. Tinignan ko si Klode at Majinbu at nakita kong nasa dulong parte na sila ng garden naglalandian. Kabayo at biik na 'to. Hindi man lang ako isinasali sa paglalandian nila. Mga sakim. Mga makasarili. Mga malalandi. Mga selfish—ay, 'di pala sila selfish. Selfhorse at selfpeg pala.

Ibinaling ko nalang ang mga paningin ko kay Chris na abala sa pagkukulay sa coloring book niya. Wala akong mapagtripan. Itong si Chris kaya pagtripan ko? Like, iuntog ko siya rito sa lamesa ng ilang ulit? Hindi naman siya magsusumbong, 'di ba? Kasi 'di naman siya nakakapagsalita. Mwahahaha.

"Chris," pagtawag ko sa kanya. Tumingin si Chris sa akin. Hinihintay ang sasabihin ko. "Wala akong magawa. Ilunod kaya kita sa swimming pool? Gusto mo?"

Mabilis na napailing si Chris, "Ayaw mo?" umiling ulit siya "Ano ba 'yan. Boring mo naman kalaro. Wala akong magawa, Chris. Anong gagawin ko?" binigyan niya ako ng color saka ng isang coloring book. "Ay, ayaw ko magkulay. Pambata 'yan, 'e. Ikaw nalang." pagtanggi ko.

Napangalumbaba nalang ako sa lamesa at pinagmasdan nalang si Chris sa pagkukulay na ginagawa niya. Maya-maya pa umupo sa gilid ko si Klode na yakap-yakap si Majinbu na

hindi gumagalaw.

"Patay na si Majinbu?" nagtataka kong tanong.

Ngumiti si Klode, "Sssshhh. Natutulog siya." sagot ni Klode "Napagod ata sa paglalaro namin."

"Ahhh," napatango-tango naman ako "Ilunod natin si Majinbu. Tutal tulog naman siya saka wala akong magawa."

Natawa si Klode, "Haha. Ang sama mo talaga kay Majinbu, Althea."

"Nasaan nga pala 'yung kakambal mo? Ba't hindi siya umuwi kagabi?" pag-iiba ko ng topic.

Hindi ko kasi nakitang umuwi kahapon si Klyde. Pati hanggang ngayon wala pa rin siya dahil wala 'yung sasakyan niya. 'Nung isang araw naman 'di niya ako pinansin. Nakasimangot lang siya 'nung tinatawag ko siya at kinakausap. Hindi ko naman alam kung anong pag-iinarte 'yun kaya hinayaan ko nalang.

"Hindi ko alam," sagot ni Klode "Baka nasa bahay ng isa sa mga girlfriends niya."

"Isa sa mga girlfriends niya?" gulantang na sagot ko "Bakit, ilan ba girlfriends niyang kakambal mo?"

"Uhm," napaisip naman si Klode "Teka, bibilangin ko. Lima ata girlfriends niya sa school ngayon na iba't iba ang course and year. Then, may girlfriend siyang professor sa isang university din. Tapos may girlfriend siyang artista. You know Paris Milton? 'Yung sikat ngayon? Girlfriend niya rin 'yun."

"WHAT?" mas lalo akong naloka "Ganun karami ang girlfriend niyang si Klyde sa school niyo? Tapos sa labas pa meron pa rin siyang girlfriend? Meron pang professor at artista? Pinagloloko mo ba ako?"

Umiling si Klode, "Hindi, ah. Nagsasabi ako ng totoo," saad niya "Ganun talaga karami ang girlfriend ni Klyde. Alam mo bang sa school namin ang tawag sa kanya 'e Prinsipe? Halos sambahin na nga siya ng mga babae 'dun. Sila pa nag pe-presinta para maging girlfriend ni Klyde."

"Oh?" hindi na naman ako makapaniwala "Tapos okay lang sa mga babae na pagsabay-sabayin sila ni Klyde?" tumango si Klode "E, mga bobita pala 'yung mga babae na 'yun, e. Playboy pala 'yang kakambal mo, jusko. Ang sakit niya sa apdo." natawa si Klyde. "Hindi ka ba pinagkakamalang si Klyde sa school niyo?"

Umiling ulit si Klode, "Nope. Siguro pansinin agad pagkakaiba namin ni Klyde. Si Klyde kasi maangas maglakad at magsalita. Siga sa campus. Mapapansin mo agad siya

kapag nakasalubong mo. Saka sakit 'yung si Klyde sa ulo ng mga professors namin. Kung hindi lang siguro malaki ang donations ni Lolo sa school matagal na 'yun na kick-out," pag kwento ni Klode "Ako kasi 'di mo ko mapapansin. Simple lang ako sa school. Puro pag-aaral lang."

"Simpleng Tulad Mo ni Daniel Padilla ba? Mga ganun?"

Natawa si hindut na bayut, "Haha. Parang ganun nga." sabi niya "Nice, kilala mo si Daniel Padilla?"

"Aba, siyempre. Nanligaw kaya sa akin 'yun dati. Pero sabi ko 'di pa ako ready. Ang sabi niya lang maghihintay siya." pagmamalaki ko. "Ang ganda ko, 'di ba? Alam ko. Thank you!"

Nanlaki ang mga mata ni Klode, "Totoo? Nanligaw siya sa'yo?"

Natawa ako, "Gaga. Hindi. Jokeness lang. Itong hindut na bayut na kabayo na 'to ang bilis mo mapaniwala. Bubble ka, 'no?"

"Anong bubble?"

"Bubble. 'Yung mabilis mapaniwala sa isang bagay?"

"Haha. Gullible kasi 'yun at hindi bubble." tawang-tawa na sagot ni Klode "Ang talino mo talaga sa english, Althea. Anong pangalan ng school na pinag-aralan mo? Para ma-request ko sa Deped na ipasarado na 'to."

"Sarmiento Urbano Macaspac Abinidad Nyeta High School." sabi ko "In shortness, SUMAN High School."

Tawang-tawa ang hindut na bayut sa pangalan ng high school namin sa 'di ko alam na dahilan. Ano kayang nakakatawa 'dun? 'Wag nga siya diyan. Ang school namin na 'yun ang katangi-tanging nagtuturo kung paano gumawa ng masarap na suman. Kaya nga ako gumaling sa paggawa ng suman dahil sa school namin na 'yun. All thankness sa SUMAN High School.

Saka kung noong elementary palang ako Top 2 ako sa klase, 'nung nasa highschool naman ako top 10 na ako. Sampu naman kami sa klase 'nun. Matatalino kaming lahat kaya ang hirap talaga ng labanan para lang makapasok sa Top 10. Mabuti nga nakapasok pa ako kahit panghuli man lang, e.

"E, ano namang pangalan ng school niyo noong elementary ka pa? BIBINGKA elementary school ba?" muling pagtatanong ng hindut na bayut habang natatawa pa.

Kumunot ang noo ko, "Hindi. Sa kabilang bayan pa ang BIBINGKA elementary. Malayo sa amin 'yun," pagpapaliwanag ko "Ang pinag-aralan ko ay Pamantasan Betornino Belidad

elementary school."

"In short?"

"In shortness, PABEBE Elementary school." taas noo kong sagot.

"BWAHAHAHA!" napatawa na naman ng malakas ang hindut na bayut. Sa sobrang tawa niya pati si Majinbu na nagising na. Napatingin si Majinbu sa akin at inirapan ako. Lecheng biik na 'to. Ba't ba inis na inis sa akin 'to? Wala naman akong ginagawang masama sa kanya.

Nag plastikan lang kaming dalawa ni Klode. Nagpatuloy siya sa pag ku-kwento. Kinuwento niya rin kung anong klaseng tao si Erwin na kuya niya. Palangiti raw ito.

"So, ikaw nagmana ka kay Erwin kasi palagi kayong nakangiti? Tapos si Klyde nagmana kay Elton kasi kahit palaging nakasimangot ang gwapo-gwapo pa rin?" pagtatanong ko.

Tumango si Klode, "Parang ganun na nga." sagot ng kabayo "Saka, alam mo ba 'nung high school palang kami ni Klyde? May pumuntang babae rito na college na. Ang sabi 'nun nabuntis daw siya ni Klyde. Nahimatay 'nun si Mommy." tawang-tawa si Klode.

"OH?" nagulantang na naman ako. "Tapos anong nangyari?"

"Ayun, nagsisinungaling lang pala 'yung babae. Ang sabi pa 'nun ni Klyde 'Paano kita mabubuntis 'e isang beses lang may nangyari sa atin. Saka 'di ko naman pinutok sa loob, ah. What a bitch!'."

Napatakip ako ng bibig kasi nababahuan na naman ako sa amoy ng hininga ko. JOKE. Naloka kasi ako sa mga nalaman ko tungkol kay Klyde, "Tama na. 'Wag ka na mag kwento tungkol kay Klyde. Naloloka na ako." pag suko ko "Hindi ko kinakaya 'yang si Klyde. Masyadong—ughh!"

"Hahaha. Kaya maraming nababaliw kay Klyde dahil 'dun. He knows how to deceive woman."

"E 'yung girlfriend ni Elton. Anong masasabi mo sa kanya?"

Napatitig si Klode sa akin, "Seryoso? Gusto mo malaman kung anong klaseng babae si Ate Jeninna?" tumango ako "Hindi ka masasaktan? Sure ka?"

"Ba't naman ako masasaktan? Wala naman akong gusto sa kuya mo." naiilang kong sagot "Sinong magkakagusto sa taong mainitin ang ulo? Palaging iritado at aburido? 'Yung hindi marunong ngumiti? Sino magkakagusto 'dun? Ako? HA? Neverness!" kinakabahan kong sagot.

Napangisi si Klode na parang may naiisip, "Haha. Okay. Uhm. What kind of woman she is?"

"Wala namang murahan, kabayo."

"Hindi kita minumura," sagot ni Klode "Mabait si Ate Jennina. Palaging nakangiti. Never mo siyang makikitang nakasimangot. Para siyang anghel—o, baka sa paningin ni Kuya anghel talaga si Ate Jeninna. Matalinong tao si Ate Jen. Graduated as magna cumlaude. Matulungin sa kapwa. Basta, she's too perfect. Kaya no wonder kung bakit siya mahal na mahal ni Kuya Elton."

Napatahimik ako. Parang base palang sa pagkakalarawan ni Klode kay Jennina wala na akong binatbat. Never mo raw siyang makikitang nakasimangot? Palagi rin naman akong nakangiti, ah. Kung anghel 'yung si Jennina ako naman Diyosa. Matalino rin naman ako. Top 2 at Top 10 ako noon. Graduate rin ako bilang Magna—magnanakaw ng test paper noon. Echos. Matulungin din ako sa kapwa.

Aba, teka. Bakit ko kinokompara ang sarili ko 'dun kay Jeninna? Si Althea Josefa ako. Snob sa personal at plastic sa karamihan. Hindi ko dapat kinukumpara ang sarili ko sa ibang babae.

Pero bakit bigla akong nawalan ng gana. Para akong na-down. Napabuntong hininga nalang ako.

"Ganun ba talaga ka-perfect si Jennina?"

Tumango si Klode, "Yes. Alam mo bang sa kanya lang ngumingiti si Kuya Elton? Kapag magkasama sila makikita mo ang pag-iiba ni Kuya. Andun 'yung kasiyahan sa mukha niya. Nag-uumapaw sa kaligayan ang mga mata ni Kuya Elton. They're both inlove with each other."

Parang sinaksak ang puso ko ng ilang ulit sa sinabi ni Klode. Ang sakit mga, 'teh.

"Kaya pala handang gawin ang lahat ni Elton 'wag lang matulog ang pagpapakasal sa aming dalawa," naiilang akong natawa "Sabagay, kahit ako naman, 'e. Mas pipiliin ko ng pakasalan 'yung taong mahal mo kaysa sa 'di ko mahal. Ako pa tuloy ang naging hadlang sa happy ending nila, 'no?"

"It's not like that,"

"Wala namang murahan, hindut na bayut." malungkot kong sagot.

"Hindi kita minumura," mabilis na sagot ni Klode "Ang sinasabi ko lang 'di mo naman kasalanan, 'e. Si Lolo Andres naman may gusto 'nun. Pero if ever 'di matuloy ang kasalan sa inyo ni Kuya, aalis ka ba rito?"

Tumango ako, "Siyempre. Alangang ipagsiksikan ko pa ang sarili ko rito ganung may iba namang gusto si Kuya mo. Alam mo hinihintay ko lang naman na sabihin ni Elton kay Lolo Andres na ayaw niya sa ideyang pakasalan ako. Tapos 'nun saka ako uuwi sa probinsya namin. Tutal naman 'dun ako nababagay." malungkot akong ngumiti.

"Pero malulungkot kami. Naging masaya ang mansion mula nang dumating ka, 'e." saad ni Klode.

Napansin kong biglang tumayo si Chris mula sa kinauupuan niya saka ito lumapit sa akin at kumandong. Isinandal pa ni Chris ang ulo niya sa dibdib ko saka ako yinakap.

"See? Pati si Chris ayaw kang umalis." nakangiti na sabi ni Klode "Ngayon lang naging ganyan 'yan."

Hinaplos ko ang buhok ni Chris. Napansin kong nakapikit siya. Mukhang natutulog.

"Hay, ewan. Naguguluhan ako. Saka nalang natin isipin ang pag-alis ko kapag andiyan na."

"Pero sana 'di ka nalang umalis." saad ni Klode "Kung ayaw ka pakasalan ni Kuya 'edi kay Lolo Andres ka magpakasal."

Nagtawanan kaming dalawa ni Klode, "Haha. Gaga. 'Di ko typeness si Lolo A, 'no. Si sir Fernando papakasalan ko. Hahaha."

Nakatulog si Chris sa dibdib ko kaya nagpaalam muna ako kay Klode na ihuhulog ko sa swimming pool si Chris—este dadalhin sa kwarto nito para makahiga ng maayos. Bitbit ko si Chris papasok ng mansion hanggang madala ko ito sa sarili niyang k'warto.

Maglalakad n asana ako pababa nang mapadaan ako sa may library. Medyo nakabukas ang pintuan kaya sumilip ako kung andito ba si Elton. At tama nga ako na andito ang gwapong super sayans. Tutok na tutok ito sa computer habang nasa tabi naman niya ay ang daming baso na may lamang kulay pula na 'di ko alam kung ano. Wine ata laman ng mga basong iyun o baka naman regla ko? CHOS!

Napatigil si Elton sa ginagawa niya nang mapansin niya akong nakasilip.

"What do you need?" seryosong pagmumura niya "I mean, anong kailangan mo?" ay! 'Di niya pala ako minumura.

Pumasok ako sa loob ng library, "Wala lang. Dinala ko si Chris sa kwarto niya kasi nakatulog. Napadaan lang ako," saad ko "Anong ginagawa mo, San Goku?"

"Wag mo kong guluhin. Nag ti-taste test ako ng wine na ginagawa ko."

"Talaga? Pwedeng patikim?"

Binalingan niya ako ng tingin, "NO!" sabi niya "Lumabas ka na. Busy ako."

"Pero wala akong magawa. Ayaw mo naman akong pumasok sa kumpanya." sabi ko "Nakakatamad naman makipag-plastikan sa mga katulong dito."

Hindi siya sumagot kaya dire-diretso akong lumakad papunta sa table. Hinawakan ko 'yung isang baso na may kulay pulang likido. Inamoy ko ito.

"Ang tamis naman ng amoy. Wine 'to?"

"Yes." sagot ni Elton na 'di man lang ako tinatapunan ng tingin. "Shit. Ano ba talaga? Ba't 'di ko makuha ang tamang lasa?" pagsasalita niya habang tutok na tutok sa computer.

"Paano mo makukuha ang tamang lasa kung sa computer ka nakaharap? 'Di ba dapat nilalasahan mo ito at hindi ka diyan sa computer nakatutok? Nalalaman mo ba ang lasa diyan sa computer?"

Napairap si Elton, "Dito ko sa computer nilalagay ang mga sukat para sa tamang lasa ng wine. Idiotic promdi girl." seryoso niyang sagot saka hinawakan ang isang baso "Tikman mo 'to."

Kinuha ko 'yung basong inaabot niya, "Iinumin ko?"

"Hindi. Ihilamos mo tapos sabihin mo sa akin ang lasa."

"Ay, ganun? Pwede palang ihilamos ang wine?"

Napahilamos ng mukha si Elton, "Just fuckin' taste it. Tapos sabihin mo sa akin ang lasa."

"Okay, kalma. Masyado kang high-bloood."

Ininom ko na 'yung wine na nasa baso at agad itong gumuhit sa lalamunan ko dahil sa sobrang tapang at pakla. Hindi ko kaya. Halos masuka-suka ako sa sarili ko. Pero 'di ko pinahalata ang reaction ko. Baka basagan ako ng baso sa ulo ni Elton, e.

"So? Ano sa tingin mo?"

"Anong sagot ba ang gusto mong malaman? 'Yung totoong sagot o 'yung plastic na sagot?"

"Yung totoong sagot siyempre!"

Inilapag ko 'yung baso, "Mapakla. Hindi masarap. Masakit sa lalamunan."

Napahugot ng buntong hininga si Elton, "Okay. Ito naman." sabi niya saka binigay sa akin 'yung isang baso.

Kinuha ko ito saka tinikman naman. Kung yung isa mapakla ito naman sobrang tamis.

"So?"

"Sobrang tamis. Wine ba gagawin mo o kendi? Baka naguguluhan ka?" komento ko.

"Ugghhhh! Hindi ko makuha ang tamang lasa. Saan ba ako nagkamali?" aburido na namang sabi ni Elton saka niya ginulo ang buhok niya. Halatang inis na inis na siya. Puyat din si Elton. Mukhang pinagpapaguran niya talaga ito.

Siyempre habang busy si Elton sa inis sa sarili niya 'di nakalampas sa mga mata ko 'yung suot niya. Naka-boxer lang si San Goku na sobrang ikli. Boxer-brief ata 'yun na kulay pula. Bakat na bakat na naman 'yung bukol niya kahit nakaupo siya. Hindi pa rin nawawala 'yung bukol niya? Ilang araw na, ah.

"Uhm, may suggestion ako." pagsasalita ko saka ko hinawakan 'yung dalawang basong tinikman ko.

"What?" tumingin si Elton sa akin na nakakunot ang noo. "Kung kalokohan 'yan 'wag mo ng ituloy."

"Hindi ito kalokohan." mabilis kong sagot saka nagpalakad-lakad sa buong library habang hawak ko 'yung dalawang baso. Ramdam na ramdam ko 'yung titig ni Elton sa akin pero 'di ko ito pinapansin. Patuloy lang ako sa paglalakad.

"Ano na? Ano na 'yung suggestion mo? Kanina ka pa palakad-lakad, 'e." apurado niyang saad.

Huminto ako sa paglalakad saka humarap sa kanya, "Teka. Chillness lang. Masyadong atat. Hindi mo ba alam 'yung kasabihang 'Ang taong nagmamadali ay natatae.' ? Natatae ka ba, San Goku? Tae ka muna."

"Shut up! Wala talaga akong makukuhang matinong sagot sa'yo." Inirapan niya ako.

Natawa ako, "Haha. Sandali lang kasi. Drama effect ko 'tong paglalakad ko. Para-mysterious, ganon."

"Ewang ko sa'yo."

Lumapit ako sa kanya, "Ito na ang suggestion ko. Inisip ko pa ito. Hinalungkat ko utak ko para lamang dito."

"May utak ka ba? Parang wala naman."

"Meron. May mga bagay lang sa mundo na akala mo wala pero meron."

"So, ano na suggestion mo?"

Ngumiti ako, "Bakit hindi mo nalang ihalintulad sa buhay ng isang tao 'yung ginagawa mong wine?"

Napakunot ang noo ni Elton pero nakikinig siya sa sinabi ko, "Paanong ihalintulad?"

"Ihalintulad. 'Yung parang mapakla dahil sa buhay ng isang tao hindi nawawala ang mapapaklang karanasan niya. Ito kasi ang naghuhubog sa kanya bilang isang ganap na tao. Pero may kasama ring kasiyahan. 'Yun naman 'yung tamis ba. Na kahit gaano kapakla ang buhay, malalasahan mo pa rin ang tamis sa dulo nito." titig na titig si Elton sa akin "Ganun ang gawin mo sa wine mo. Gawin mong mapakla pero may tamis ka pa ring malalasahan. Paghaluin mo sila. Lagyan mo ng pakla pero mas lamang ang matamis na lasa. Para sa bawat taong iinom nito bigla siyang mapapaisip na 'Parang buhay ko 'tong wine na iniinom ko.' para palagi siyang mare-remind na kahit gaano siya nahihirapan may tamis pa rin siyang malalasahan sa dulo." tumingin ako kay Elton "Gets mo?"

Nakatitig lang si Elton sa akin na parang for a momentness ako lamang ang nakikita niya sa paligid niya. Titig na titig sa akin 'yung kulay brown niyang mga mata. Bigla tuloy akong nailang dahil 'dun. Pakiramdam ko ang ganda-ganda ko sa paningin niya.

Iniwalay na ni Elton ang mga mata niya sa akin saka muling humarap sa computer niya at nag tipa ng kung anu-ano. Hindi ko alam kung naintindihan niya ba 'yung sinabi niya. Pinagmasdan ko lang siya sa ginagawa niya. Pagtapos 'nun may kinuha siyang mga bote sa gilid saka ito pinagsalu-salo sa isang baso. 'Yung kulay puting tubig kanina naging kulay pula ng hinaluan niya ito ng kulay pulang likido na 'di ko alam ang tawag.

"Taste it," sabi ni Elton nang matapos siya sa ginagawa niya. Inaabot niya sa akin 'yung bagong baso.

"Nagkakamurahan na naman ba?"

"Crazy, promdi girl. Sabi ko tikman mo." pansin ko ang kamay ni Elton na

nanginginig.

"Lason 'yan, 'no?"

Napaikot ng mata si Elton, "Tikman mo nalang pwede?"

"Fineness. Wala naman akong choice. Kung hindi ka lang malakas sa akin, 'e." kinuha ko 'yung baso saka ko tinignan ang laman nito. Parehas lang sa mga naunang ininom ko ang kulay.

Sinimulan ko ng ininom 'yung laman ng baso. Titig na titig na naman si Elton sa akin na parang pinagmamasdan ang magiging reaction ko.

Nilasahan ko 'yung ininom ko at 'di ko namalayan na nakalahati ko na ito. May pakla akong nalasahan pero sa dulo nito may tamis. Tama lang ang kombinasyon ng dalawa pero angat ang tamis nito sa dulo. Hindi naman masyadong matamis. Tamang-tama lang. Pinupuri ng bawat lasa 'yung isa't isa.

Bigla akong napapikit dahil sa nalasahan ko. Parang bumalik sa akin 'yung mga panahon na paghihirap ko noong nasa probinsya pa ako. Bigla ko rin naalala si Lolo Philip ko. 'Yung masasaya naming pinagsamahan. Lahat-lahat naalala ko nang dahil lamang sa wine na natikman ko.

"So, ano?" narinig kong pagsasalita ni Elton. Tumingin ako sa kanya at halatang kabado siya.

"Tikman mo." sabi ko habang nakangiti. "Ikaw ang humusga."

Nag-aalangan si Elton.

"Bilis na. Pagtiwalaan mo ang sarili mong gawa." pag pupumilit ko.

Huminga ng malalim si Elton saka niya kinuha 'yung baso sa kamay ko. Nakatingin lang ako sa kanya habang iniinom niya ito. Kitang-kita ko 'yung adam's apple niya na nagbaba-taas. Sexyness!

Natapos na ni Elton inumin 'yung laman ng baso. Naubos niya ito. Bigla siyang tumayo at humarap sa may bintana. Akala ko kung ano ang gagawin niya pero bigla lang siyang sumigaw.

"FUCK!! I DID IT! NATAPOS KO NA! NA-PERFECT KO 'YUNG LASA!!!" todo sigaw niya saka humarap sa akin. Nagulat ako nang humarap siya sa akin dahil ang laki ng ngiti ni Elton sa labi niya ngayon habang nakatingin siya sa akin. Ngayon ko lang nakita na nakangiti si Elton. Pero 'di ito simpleng ngiti kundi ngiting-ngiti. Masayang-masaya siya sa nangyari. Parang nakita kong kumikinang ang mga mata ni Elton.

Lumapit si Elton sa akin, "Shit. Promdi Girl, I did it. Natapos ko na. It's perfect!"

Kahit minumura ako ni Elton bigla akong napatawa, "Congrats! Pero 'wag mo kong murahin."

"AAAHHHH! ANG SAYA-SAYA!!!" napasigaw ulit si Elton at nagulat ako dahil bigla niya akong yinakap "Thank you, Promdi Girl. Thank you sa suggestion mo!! AAAHHH!!" masayang-masaya na sabi niya habang yakap-yakap pa ako.

Magsasalita pa sana ako pero 'di ko na naituloy dahil biglang humiwalay si Elton sa pagkakayakap sa akin. Saka niya ako hinawakan sa balikat at namalayan ko nalang na nakadikit na ang malambot niyang labi sa sarili kong labi. Magkalapat na ang mga labi naming dalawa habang nakatayo kami sa gitna ng library ni Lolo Andres.

Nabawi ni Elton 'yung halik na ninakaw ko sa kanya.

What the smell. . .

==========

Chapter 18

Commentness and Voteness para may updateness ulit bukaness! Thank youness!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 18.

Shockness pa rin ako sa ginawang biglaang paghalik sa akin ni Elton kanina kaya hanggang ngayon hawak-hawak ko pa rin ang sarili kong labi. Kahit ilang oras na ang lumipas ramdam ko pa rin 'yung lambot ng labi ni Elton. Parang hanggang ngayon nakadikit pa rin ang labi niya sa akin. Ang puso ko halos sasabog na sa sobrang kaba. Hindi ko alam kung bakit ako kinakabahan. Hindi naman ako natatakot. Infactness, itong kaba na nasa dibdib ko ay masarap sa feeling. It feelness so muchness deliciousness.

'Nung hinalikan niya ako kanina bigla akong napatulala. Biglang nag blanko ang utak ko. JOKE. Wala nga pala akong utak tulad ng sabi niya. Pero basta 'di talaga ako nakapag-react agad. Napatitig lang ako sa kanya habang nakatitig lang din siya sa akin na halatang gulat sa ginawa niya. Pag tapos 'nun bigla siyang napatalikod kaya kinuha ko na 'yung chance na 'yun para tumakbo papunta rito sa k'warto ko at nagkulong. Kaya ngayon kahit gabi na 'di pa rin ako lumalabas.

Naguguluhan ako ngayon. Nahalikan na naman ako ni Elton nakaraan 'nung may sakit siya. Nabawi ko rin naman 'yung halik na ninakaw niya sa akin at nakapagnakaw din naman ako sa kanya ng maraming halik. Pero 'yung paghalik niya kanina ay iba. Ibang-iba sa halik na ninakaw ko sa kanya. Nakakapanlambot ng tuhod 'yun. Kahit

isipin ko lang 'yung ginawa niya kanina bigla-bigla na namang bumibilis ang pagtibok ng puso ko. Parang may kung ano ring gumagalaw sa tiyan ko na masarap din sa feeling. Bulate ata 'to o baka natatae lang ako? Lechugas na Elton 'to. Ang bangis ng halik. Pwedeng pangpurga.

Nakatulala pa rin ako sa kawalan at nakatitig kung saan nang may biglang kumatok sa pintuan ko. Hindi agad ako nakasagot dahil pakiramdam ko si Elton ang kumakatok. Pinaghalong kaba at kasiyahan ang biglang lumandi sa katawan ko. Bubuksan ko ba 'yung pintuan o bubuksan?

"Shino 'yan?" pabebe kong pagtatanong. 'Yan kasi ang tamang pagsagot na itinuro sa amin noong nag-aaral pa ako sa PABEBE elementary school. Kailangan daw proud na pabebe student ako.

Kahit hindi pa sumasagot kung sino 'yung nasa may pintuan at kumakatok kinikilig na ang buong katawang lupa ko. Iniisip ko palang na si Elton 'yung andun at ipapaliwanag kung bakit niya ako hinalikan kanina nae-exciteness na ang birhen kong katawan. Enebe nemen, Elton. 'Wag mo ko pakiligin—

"Si Klode 'to." pag sagot 'nung taong kumakatok.

Bigla na namang nag blangko ang utak ko. Hindi agad rumehistro sa utak ko kung sino 'yung kumakatok.

"Sino 'yan?" pag ulit ko at umaasa akong namali lang ako ng dinig. Umaasa akong si Elton ang andun.

"Si Klode." pag kumpira 'nung hindut na bayut.

"Uulitin ko. Sino 'yan?" muli kong pag-ulit. Umaasa talaga akong mali lang ako ng pagkakarinig kasi ilang araw na ako hindi naglilinis ng tainga. Oh, Diyos ng mga suman. Si Elton 'yan, please. Si Elton—

"Si Brent Klode Guevarra Falcon 'to. Paulit-ulit, Althea?"

"Uggghhhhhh!!!" nainis ako bigla. "Anong kailangan mo?"

"Hindi mo malalaman kung 'di mo bubuksan 'tong pintuan." sagot niya "Papasukin mo ako."

"Bastos kang hindut na bayut ka! Hindi tayo talo. Papasukin ka diyan."

Narinig kong natawa siya, "Haha. Baliw. Buksan mo na 'to, Althea."

"Pisting yawang hindut na bayut ito," bulong ko sa sarili ko saka tumayo "Panira ng

momentness. Akala ko naman si Kuya niya ang kumakatok." nasa tapat na ako ng pintuan ko at handa na buksan pero nagtanong ulit ako. "Sino nga ulit 'to?" huli kong pag-ulit 'dun sa tanong at umaasa talaga ang lahat ng organs sa katawan ko na si Elton talaga ito at hindi si Klode. Si Elton—

"Si Klode nga."

Napairap ako sa kawalan. Wala talagang pag-asa. Si Hindut na bayut talaga ang andito at hindi 'yung Elton na may matambok na pwetan. Nakakainis naman. Nakaka-hurtness.

Binuksan ko na 'yung pintuan, "Ano bang kailangan mo? Sinisira mo pag be-beauty restness ko!" napa-cross arms pa ako dahil sa sobrang inis ko sa kabayong 'to.

"Beauty rest ka diyan. May ipapahinga kang kagandahan?" tanong niya sa akin. Bitbit na naman ni Klode si Majinbu sa bisig niya at 'yung biik na baboy tulog na naman. Batugan na biik 'to.

"Meron. Hindi mo ba nakikita? Ito, oh." tinuro ko pa ang mukha ko.

"Saan diyan?" hinawakan ni Klode ang mukha ko saka niya tinignan ang kaliwa at kanang parte ng mukha ko. "Wala naman ako nakikitang kagandahan. Baka itinago mo?"

"Meron akong kagandahan!" pag pupumilit ko "Hidden beautyness ang tawag sa kagandahan ko."

"Aaah," napatango-tango si Klode "Hidden pala, 'e. 'Wag mo ng ilabas, ah?"

Tumango ako, "Oyes." sabi ko "Ano bang kailangan mo? Matutulog na ako, 'e."

"Kakain na tayo ng hapuan. Kanina ka pa kasi nakakulong diyan sa kwarto mo. May problema ka ba?"

"Kapag nakakulong sa k'warto may problema agad?" balik tanong ko sa kanya "Hindi ba pwedeng iniisip lang kung bakit ako hinalikan ni Kuya mo?"

"Ha?" gulat na sagot ni Klode "Hinalikan ka ni Kuya?" nanlaki ang mga mata ng hindut na bayut.

"Hahaha. Jokeness lang," pagbawi ko. Mukhang 'di magandang sabihin sa kay Klode 'yung paghalik ni Elton sa akin. Baka makarating pa ito 'dun sa girlfriend niya. Ayoko namang mag-away si Elton at girlfriend niyang si Bakekang nang dahil sa akin. "Binibiro lang kita. Masyado ka talagang bubble."

"Gullible."

"Stable. Tama. Masyado kang stable." napaikot ng mata si Klode "Kasabay ba natin kumain si Elton?"

Pag banggit ko palang ng pangalan ni Elton kinilig na agad ang katawang lupa ko sa 'di ko alam na at 'di maipaliwanag na dahilan. Gusto ko sanang mangisay ngayon sa sobrang kilig pero tinatamad ako. Bukas nalang o kaya sa susunod na bukas. Marami namang araw para kiligin. Next time nalang talaga.

"Hindi," sagot ni Klode na sumira sa kilig vibes ko "Mag kausap si Kuya at ate Jen ngayon sa skype, 'e. Kaya for sure mamaya pa kakain 'yung si Kuya."

Bigla akong napasimangot dahil sa nalaman ko. May kung ano na namang tumusok sa puso ko. Ang sakit. Na-imagine ko kaagad na nakangiti si Elton ngayon habang kausap 'yung girlfriend niyang si Taylor Swift. Anong klaseng ngiti kaya ang ipinapakita niya? 'Yung ngiting malapad ba na ipinakita ni Elton kanina sa akin o mas malapad pa 'dun? 'Yung ngiting umaabot na sa batok niya?

"Uy! Anyare sa'yo? Ba't napapatulala ka diyan?" nag-aalalang tanong ni Klode.

Mapait akong ngumiti, "Wala lang. Trip lang. Kapag boredness ako tumutulala nalang ako sa kawalan. Tryness mo minsan nakaka-enjoyness," pagdadahilan ko "Wala akong gana kumain. Dietness ako."

"Sure ka?"

Tumango at itinaas pa ang kamay, "Sureness na!" walang gana kong sagot.

"Sige, ikaw ang bahala. Kung nagugutom ka magpahanda ka nalang mamaya," nakangiting bilin ni Klode "Sa'yo pala muna 'tong si Majinbu. Mag-aaral ako, 'e. May exam kasi kami bukas."

Ibinigay sa akin ni Klode si Majinbu na tulog pa rin habang buhat-buhat ko. Hinimas muna ni Klode ang ulunan ni Majinbu saka na siya tumalikod at naglakad paalis.

Nang mawala na siya sa paningin ko saka ko hinampas si Majinbu sa pader kaya nagkalat ang baboy niyang dugo at baboy niyang utak—chos. Saka ko na isinarado 'yung pintuan at bumalik sa kama ko. Pagkalapag ko kay Majinbu bigla siyang nagising at nagpalinga-linga sa paligid na parang may hinahanap.

"May hinahanap ka, batugan na biik?" taas kilay na tanong ko kay Majinbu kahit na alam ko naman kung sino ang hinahanap niya.

"Oink! Oink!" sagot niya sa akin. Nasaan daw si Klode.

"Nasa pwet ko nagkakape. Gusto mo makita?"

Napairap si Majinbu, "Oink! Oink!" ang baboy ko raw.

"Ay, wow! Sa'yo talaga nanggaling 'yan? Ako talaga ang baboy sa ating dalawa? Nagpapatawa ka ba o nagbababoy?" pambabara ko sa kanya "May tanong ako sa'yo, Majinbu."

"Oink! Oink!" sagot ni Majinbu saka muling humiga at pumikit. 'Wag na raw akong magtanong dahil wala siyang balak sagutin. Baboy na 'to ang snob akala mo naman famous.

"Ba't ba ang gaspang ng ugali mo sa akin? Ako ang amo mo pero hindi mo ko tinatratong amo. Ang hard mo palagi sa akin. Ang snob mo pa." pagdadrama ko "Hindi ko alam kung anong maling nagawa ko sa'yo. Sinasaktan mo ang feelings ko, e."

Hindi kumibo ang biik. Nagtulog-tulugan lang siya. Humihilik pa nga ang walangyang biik. Akala niya siguro mapapaniwala niya ako sa pag-iinarte niyang natutulog siya. Pwes. Hindi ako naniniwala. Ang baboy niya matulog. Ang baboy niya humilik. Ang baboy ng buong pagkatao—este pagkahayop niya.

Napahugot ako ng malalim na buntong hininga, "Hays. Pero seryoso, Majinbu. May itatanong ako sa'yo."

"Oink?" sumagot si Majinbu pero nakapikit pa rin siya.

"Ano kaya 'tong nararamdaman ko? Nakaraan naman walang epekto sa akin si Elton. Pero ngayon meron na. Parang lalo siyang pumogi sa paningin ko. Tapos kanina hinalikan niya pa ako kaya ngayon kabado pa rin ang dibdib ko. Ramdam ko pa rin 'yung malambot na labi ni Elton sa labi ko."

"Oink! Oink!" sagot ni Majinbu. Wala raw meaning 'yun kaya wag daw akong umasa.

"Sure ka? Walang meaning 'yun?" paninigurado ko.

"Oink! Oink!" saad ng biik. Wag daw akong assuming dahil Althea Josefa naman daw ang pangalan ko at hindi asumi. "Oink! Oink!" dumagdag pa siya ng panlalait. Hindi raw ako kagandahan kaya 'wag daw akong mag-ilusyon na may nararamdaman si Elton sa akin kaya niya ako hinalikan.

"Ang sakit mo magsalita," napaikot lang ng mata ni Majinbu. "Sureness ka ba? Walang nararamdaman si Elton sa akin?"

"Oink! Oink!" sagot ni Majinbu. Meron daw palang nararamdaman si Elton sa akin.

"Weh? Sureness ka, meron? Ano sa tingin mo ang nararamdaman niya?" masigla kong sagot.

"Oink! Oink! Oink!" napangisi si Majinbu dahil sa sinabi niya. Ang nararamdaman daw ni Elton sa akin ay galit, puot, hinanakit. Bigla ko kinutongan si Majinbu. "Oink!" pagrereklamo niya.

"Kanina ka pa, 'e. Kanina mo pa binabasag mga sinasabi at tanong ko, 'e. Tara suntukan nalang." paghahamon ko sa kanya. "Hays! Pero kasi naman, Majinbu. Umayos ka naman. Naguguluhan na nga ako, 'e. Hindi ko talaga alam ang tawag dito sa nararamdaman ko kay Elton."

"Oink! Oink!" sabat ni Majinbu. Alam niya raw ang tawag.

"Ano?"

"Oink! Oink!" muli ko siyang kinutongan "Oink!"

"Anong kalandian ka diyan. Matulog ka na nga. Biik na 'to hindi makausap ng matino."

Napairap lang si Majinbu sa sinabi ko at muli nga siyang umayos ng higa at pumikit para matulog. Humiga rin ako sa tabi niya. Magkatabi kami ngayong dalawa sa kama ni Majinbu. Nakatitig lang ako sa kawalan at muling inisip 'yung dahilan ng paghalik ni Elton sa akin kanina. Wala talaga akong ideya kung bakit niya ako hinalikan. Kayo ba meron? Shareness niyo naman.

Lumipas na ang ilang minuto na nakatulala pa rin ako. Si Majinbu humihilik na at halos sakupin na ang buong kama ko dahil sa likot niya matulog. Tumagilid ako at iniusog si Majinbu sa bandang gilid ng kama.

"Biik na 'to ang likot matulog." pagsasalita ko "Pisilin ko 'yang maliit mong betlog makita mo."

Umayos ako ng pagkakahiga saka pumikit na nang maramdaman kong inaantok na ako. Bago ako tuluyang makatulog hiniling ko muna sa sarili ko na sana mapaginipan ko ang betlog ni Elton—este ang paghalik sa akin ni Elton. Para naman kahit sa panaginip muli niya akong halikan. Yummyness kasi ang kissness niya, 'e.

Kinabukasan maaga akong nagising kasi nga ang mga snob sa personal at plastic na gaya ko ay maagang bumabangon para maraming ma-plastic ngayong araw. Hindi ko na inayos ang pinaghigaan ko tutal naman ang biik na si Majinbu ay natutulog pa rin. Batugan talaga ang lecheng biik na 'to.

Bago tuloy ako lumabas ng kwarto ko naisip ko munang takpan ang ulo ni Majinbu ng unan. Gusto ko malaman kung makakahinga ba siya ng maayos kung may nakatakip na unan sa mukha niya. Pero saka ko nalang susubukan gawin kapag may extra time na

ako. Kailangan ko na kasing pumunta ng dining area para kumain dahil naalala ko kagabi na 'di pala ako kumain.

Masama pa namang nagugutom ang mga snob sa personal na gaya ko dahil kapag nagutom kami ng bonggang-bongga wala na kaming papansinin na kahit sino. Ang tangi ko lang pinapansin kahit gutom ako ay ang taong humalik sa akin na ang pangalan ay Elton Alexander Falcon. Baka kasi muli niya akong halikan kaya hindi dapat siya ini-snob.

Pagdating ko sa dining area bigla akong napatigil nang maabutan ko si Elton na nakaupo na 'dun at kumakain. Kasabay niyang kumain si Chris na naka-school uniform na. Pero hindi kay Chris natuon ang pansin ko dahil wala naman akong pakialam sa kanya—chos.

Kay Elton tumuon ang pansin ko na ang gwapo-gwapo ngayong umaga. Bumabakat sa suot niyang business-suit 'yung mga muscles niya sa buong katawan niya. Kung noong una palagi kong pinapansin 'yung blonde niyang buhok pero ngayon hindi na. Kasi sa totoo lang dumagdag sa angas ng mukha niyang makisig ang kulay ng buhok niya. Mukha siyang foreigner—yung indiano. Joke.

Jusko. Ba't ang gwapo mo, Elton? Umaga palang pero binusog mo na agad ako. Kahit tignan lang kita sapat na sa akin. Ang sarap mo sa mata. Ang sarap mong tignan kapag wala kang suot na kahit anong damit—lechugas. Nagugutom na nga ako. Kung anu-ano ng kalandian ang naiisip ko ngayong umaga.

Pero, teka. Paano ko haharapin si Elton pagkatapos ko tumakbo kahapon nang halikan niya ako? Normal bang pakikitungo tulad ng dati o abnormal na pakikitungo at sabihin ko sa kanya na panagutan niya ako dahil buntis na ako? ECHOS! Gutom na talaga ako.

Habang nakatingin ako kay Elton bigla siyang napatingin sa akin. Ilang segundo lang siyang napatitig at bumalik na ulit sa pagkain niya na parang wala siyang pakialam sa akin o wala siyang pakialam sa nangyari kahapon. Dedma lang siya. Ano 'yun? Nakalimutan na niya agad 'yung nangyare? Ipaalala ko kaya sa kanya. 'Wag nalang. Mas magandang kalimutan nalang 'yun tulad ng ginawa niya kahit para sa akin ay napaka-impossible na kalimutan 'yun.

Napapikit muna ako saka na lumakad papuntang lamesa at umupo sa harapan ni Elton. Kailangan maging normal lang ako at ipakita kay Elton na wala lang sa akin 'yung paghalik niya.

"Good morning, Baby Chris," pagbati ko kay Chris. Napatigil si Chris sa pagkain saka siya tumayo at kinuha 'yung platong pinagkakainan niya saka tumabi sa akin. Napangiti nalang ako sa ginawa niya.

Napansin kong napatingin sa akin si Elton nang lumapit si Chris sa gawi ko pero wala naman siyang sinabi. 'Yung pagtingin niya palang bigla na agad kumabog ang dibdib ko nang sobrang lakas. Nanginginig tulog ako habang kumakain. Pakiramdam ko mahihimatay ako ngayong pang napapansin ko na sumusulyap si Elton sa akin.

"Promdi Girl," biglang napasalita si Elton kaya naman nagulat ako.

"AY BAYAG MO SAN GOKU!" napasigaw ako dahil sa gulat. Nabitawan ko pa ang hawak kong kutsara. Agad akong napatingin kay Elton na nakakunot na naman ang noo. "Ikaw kasi ginulat mo ko!" paninisi ko sa kanya.

"Hindi kita ginulat. Saka, kailangan mo pa talagang idamay ang ano ko kapag nagugulat ka?" seryoso niyang tanong. "Alam mo bang kapag nagugulat ang isang tao nababanggit niya 'yung iniisip niya. Does that mean iniisip mo ang ano ko habang kumakain ka?" nandidiring tanong ni San Goku.

"Oy, hindi ah! Grabe ka naman." sagot ko "Hindi 'yung ano mo ang iniisip ko."

"E, ano?"

"Yung paghalik mo sa akin kahapon." bigla kong tinakpan ang bibig ko.

Hindi sumagot si Elton sa sinabi ko. Napaiwas lang siya ng tingin saka uminom ng kape niya. Ewan ko pero parang nalungkot ako dahil sa pag-iwas at pananahimik niya. Hindi man lang siya magpapaliwanag kung bakit niya ako hinalikan? Babae kaya ako. Maaari akong maguluhan sa gusto niyang ipahiwatig nang dahil sa halik na 'yun. Iisipin kong may ibigsabihin 'yun kahit wala naman pala para sa kanya.

Tumawa ako, "Hahahaha. Kalimutan na lang natin 'yung nangyari kahapon. 'Wala lang naman 'yun, 'di ba?" pagsasalita ko. Umaasa akong 'di iyun wala lang para kay Elton. Para sa akin kasi may ibigsabihin 'yun. May kung ano sa loob ko na umaasang 'di iyun pinagsisisihan ni Elton.

Binaling ni Elton 'yung tingin niya sa akin. 'Yung tingin niya alam ko na ang ibigsabihin. Nagsisisi siya.

'Wag, please. Wag kang magsalita. 'Wag kang humingi ng sorry. 'Wag mo sabihin sa aking pinagsisisihan mo 'yung ginawa mo sa akin kahapon.

"Yung nangyari kahapon. I'm sorry," kalmado ang boses ni Elton pero seryoso siya. "Gusto kong humingi ng sorry dahil sa ginawa ko. Nadala lang ako. It's just spur of the moment. Sobrang saya ko lang kaya nahalikan kita. Akala ko kasi si Jeninna ka. Before kasi, kapag masaya ako siya ang palagi kong kasama. Akala ko—"

"Akala mo ako ang girlfriend mong si Lady Gaga? Gusto mo makatikim ng applause sa akin? Haha." pagsagot ko kay Elton. Tumawa pa ako ng peke kahit gusto ko ng umiyak dahil sa sobrang sama ng loob sa 'di maipaliwanag na dahilan. Gusto kong umiyak pero nakakatamad. "Kapag masaya ka pala bigla ka nalang nanghahalik?" dagdag ko pa "Paano kung si Kuya Rudolf na maitim ang batok ang leeg ang andun kahapon sa library. Paano kung siya 'yung nagbigay sa'yo ng suggestion. Hahalikan mo rin ba siya dahil sa sobrang saya mo?"

Sasagot sana si Elton pero itinikom nalang niya ang bibig niya saka siya napaiwas ng tingin.

"I'm so sorry, Promdi Girl. 'Wag mo sanang bigyan ng meaning 'yun. Mahal na mahal ko ang girlfriend ko kaya kahit hinalikan kita, wala 'yun saysay. 'Wag ka sanang umasa."

Mahigpit akong napahawak sa hawak kong kutsara at parang gusto ko itong isaksak sa mata ni Elton ngayon. Pinipigilan ko lang ang sarili ko na 'wag gawin dahil masyadong brutal. Nandito pa naman sa tabi ko si Chris na halatang naguguluhan sa nangyari.

"Sino ba nagsabing umaasa ako?" balik kong tanong. "Baka ikaw ang umaasa. Hindi ko bibigyan ng meaning 'yun dahil hindi naman ako dictionary. Wala rin akong pakialam kung mahal na mahal mo ang girlfriend mo kasi wala naman akong pakialam sa inyong dalawa." tumayo ako "Nakakawalang gana kumain kapag kaharap ka. I'm done eating. I'll excuse myself." pag e-english ko.

Halatang nagulat si Elton sa english na sinabi ko pero 'di ko siya nilingon. Ang mga snob sa personal na katulad ko hindi marunong tumingin sa pinanggalingan dahil 'di naman ako mawawala. Dire-diretso lang ako sa paglalakad hanggang sa mawala ako sa paningin niya at mawala ako sa mansion. Hindi ko na naman alam kung saan ako napadpad. Palinga-linga lang ako sa paligid ko pero 'di ko talaga alam kung saan ang daanan pabalik ng kwarto ko.

"Ughhhhh! Nakakainis!!" napaiyak na ako habang nasa hallway dahil sa sobrang inis. Hindi ko alam kung bakit ako naiinis. Dahil ba nawawala ako o dahil sa usapan namin ni Elton na pinagsisisihan niyang hinalikan niya ako at ipinamukha sa akin na wala iyun meaning. "Bwisit na buhay 'to. Ang sarap magsunog ng pabebe na babae." Iritado kong sabi habang pinupunasan ang luha ko.

Napatingin ako sa picture frame na nasa dingding at nakita kong picture ito ni Elton na may hawak na trophy na malaki. Nakangisi siya sa larawan kaya mas lalo akong nainis. Parang pinapamukha ng larawan na ito na ang tanga-tanga ako at naisahan ako ni Elton. Ang sarap isaksak sa bibig ni Elton 'yang hawak niyang trophy.

Nakatayo lang ako sa may hallway habang patuloy na umiiyak. Inis na inis talaga ako sa sinabi ni Elton. Bwisit talaga. Ang kapal ng mukha. Hindi naman ako umaasa na may meaning 'yun. Hindi naman talaga, 'di ba?

Bigla akong nanigas at napatigil sa pag-iyak nang biglang may yumakap sa akin mula sa likuran. Isinandal pa ng kung sinong yumakap sa akin ang ulo niya sa balikat ko.

"Wag ka ng umiyak. Andito lang ako palagi sa tabi mo." pagsasalita nang lalaking nakayakap sa akin.

Agad kong nakilala kung kaninong boses iyun.

"Klyde?" gulat kong sagot.

"Kung hindi ka kayang pasiyahin ni Kuya Elton pwes ako kaya kitang pasayahin. I can make you happy. All you have to do is surrender your heart to me and I'll take care of it." saad ni Klyde. "Forever, babe."

Ramdam na ramdam ko 'yung hininga ni Klyde sa leeg ko. Mas lalo pang humigpit ang pagkakayakap niya sa akin. Hindi ko alam ang gagawin ko.

Napaisip nalang ako. Kung ayaw ni Elton sa akin 'edi si Klyde nalang. Ang ganda ko kaya!

==========

Chapter 19

Commentness and voteness para may updateness bukasness. Ukieness?

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC

Chapter 19.

Mula talaga nang magkaayos kaming dalawa ni Klyde nakaraan pansin na pansin ko ang pagbabago ng pakikitungo niya sa akin. Palagi na niya akong nginingitian. Sa mansion ng mga falcon kaming dalawa lang ni Chris ang pinapakitaan niya ng matamis niyang ngiti.

Kapag magkausap naman kaming dalawa palagi siyang tumatawa. Tumitigil lang siya sa pagtawa kapag may ibang tao sa paligid o nakikita niya si Klode o Elton. Parang sa akin niya lang niya gustong ipakita kung paano siya ngumiti at tumawa. Pansin ko lang din na ang gwapo ni Klyde sa kahit na anong angulo. Kapag nakangiti siya ang gwapo niya pero kapag nakangisi naman siya malalaglagan ka ng panty kahit wala ka namang suot na panty. Ganun kabangis ang ngisi ni Klyde.

Minsan naman nahuhuli ko nalang siya na nakatitig sa akin at imbis na umiwas ng tingin mas lalo pa siyang tititig na parang ako lang ang nakikita niya sa mundong ginagalawan niya. Kapag nakikita naman niya akong dumadaan agad na siyang mapapangiti. 'Nung minsan naman habang may kausap siya sa cellphone niya at nakita niya akong dumaan bigla nalang siyang kumindat. Hindi ko alam kung napuwing ba siya o ano, 'e. Madalas din talaga niya akong kindatan.

Sa mansion na 'to kung hindi si Elton ang pag-usapan ng mga katulong na dalaga si Klyde naman ang topic nila. Noong napunta ako sa labahan area dahil naliligaw na naman ako naabutan kong nag-aaway 'yung dalawang katulong. Pinag-aagawan nilang dalawa kung sino ang maglalaba ng brief at boxer ni Klyde. Walang gustong magparaya sa kanilang dalawa kaya ang ending pinagtulungan nilang labhan 'yung mga damit ni

Klyde lalong lalo na 'yung boxer niya na kakahubad niya lang pala.

Kaya ngayon naguguluhan ako kung ano ba dapat ang kailangan kong i-react sa sinabi sa akin ni Klyde. Nasa may hallway pa rin ako at nananatili pa ring nakayakap si Klyde sa akin mula sa likuran ko. Ang higpit ng pagkakayakap niya na parang wala siyang planong pakawalan ako. Ramdam ko pa 'yung hininga niya sa leeg ko na nagdudulot sa katawan ko para mas lalo akong kabahan.

"Ano—Ano bang pinagsasabi mo, Klyde. 'Wag ka ngang ganyan. Haha. Baka isipin ko na totoo ang sinasabi mo." nauutal kong pagsasalita. Tumawa pa ako para kunwari hindi ako kinakabahan sa kanya.

Sinusubukan kong tanggalin ang kamay ni Klyde na nakayakap sa akin pero ayaw niya talaga akong bitawan. Mas lalo lang itong humigpit. Dahil humigpit ang pagkakayap niya sa akin mas lalo akong napadikit sa harapan niya. Ramdam ko 'yung katigasan ng dibdib at tiyan ni Klyde. Halatang may muscles din ito tulad ng sa kuya niya.

"Klyde, ano ba? Mamaya makita tayo ng Kuya mo. Baka mag-isip na naman 'yun ng kung ano." muli kong pagsasalita at napalinga-linga sa paligid. Mabuti nalang walang pakalat-kalat na katulong.

"I don't care," pagmumura sa akin ni Klyde. 'Yung hininga niya dumikit na naman sa leeg ko kaya nagtaasan lahat ng balahibo ko sa katawan, "Wala akong pakialam kahit makita tayo ng kung sino at nasa ganitong posisyon. Mas mabuting makita nila tayo para malaman nilang ako ang nababagay sa'yo at hindi si Kuya Elton."

"Klyde, hindi na ako natutuwa." naging seryoso na ako "Pakawalan mo ako kundi magagalit ako sa'yo."

Huminga muna ng malalim si Klyde tapos pinakawalan na niya ako. Parang alangan pa siya sa ginawa niya. Nang tuluyan na niya akong bitawan agad akong humarap sa kanya. Seryoso ang mukha ni Klyde habang titig na titig na naman sa akin. Magkasalubong ang kilay niya.

Hindi ko alam ang nasa isip niya. Hindi ko mabasa. Hindi naman kasi tinuro sa PABEBE elementary school at SUMAN high school kung paano magbasa ng mukha ng tao. Ang itinuro kasi sa amin noong nasa PABEBE elem pa ako ay kung paano kumain ng mamon. Habang sa SUMAN high school naman ay kung paano gumawa ng suman. Gumawa pa nga ako noon ng suman na flavor ay mamon, 'e.

Habang nakatingin ako kay Klyde saka ako tumawa. Hinampas ko rin siya sa braso niyang may muscles.

"Ikaw talaga, Klyde. Palabiro ka. 'Wag ka mag-aalala. Hindi ko naman sineryoso 'yung sinabi mo." pagsasalita ko upang hindi isipin ni Klyde na galit ako sa ginawa niya "Alam ko namang jokeness lang iyun, 'di ba? Tropa kaya tayo."

"Seryoso ako sa sinabi ko," seryoso niyang sagot "Seryoso ako sa sinabi kong kung

ayaw ni Kuya Elton na pakasalan ka ako ang magpapakasal sa'yo. Seryoso ako sa sinabi kong kung hindi ka kayang pasayahin ni kuya, pwes, ako kaya kitang pasayahin. Hindi mo kailangan si Kuya Elton, Althea. Andito ako. Ako ang kailangan mo." sunod-sunod niyang pagsasalita na kinaloka ka. Seryosong-seryoso talaga siya.

"Klyde, tigilan mo 'yan." seryoso ko ring sagot "Mas matanda ako sa'yo."

"Wala akong pakialam kahit mas matanda ka sa akin. Ikaw ang gusto ko. Fuck numbers!" matigas niyang sagot. "Althea, sabihin mo lang kung anong kailangan kong gawin para mapansin mo ako at gagawin ko. Kung kailangan kitang ligawan araw-araw gagawin ko. Sabihin mo lang." hinawakan ni Klyde ang balikat ko "Althea, kahit ano gagawin ko para sa'yo. Mapansin mo lang ako. Kahit ano. Para lang makuha ko ang puso mo." sinsiridad niyang pagsasalita habang nakatitig sa mga mata ko.

Napailing-iling ako saka dahan-dahang tinanggal ang pagkakahawak ni Klyde sa balikat ko, "Klyde, makinig ka. Wala kang kailangan gawin. Masaya ako sa sinabi mo pero ayaw kitang paasahin." tumigas ang panga ni Klyde "Ayokong mawala kung ano ang meron tayo ngayon. Tropa tayo, 'di ba? Okay na 'yun, Klyde. Mas masaya kapag ganun nalang tratuhan natin."

"Si Kuya Elton ba?" pagsagot ni Klyde "Si Kuya Elton ba ang dahilan kaya hindi mo ako mapansin-pansin?" may hinanakit niyang tanong.

"Anong si Kuya Elton mo?" naguguluhan kong tanong.

"Althea, 'wag mo kong lokohin. Alam kong si Kuya Elton ang dahilan kaya hindi mo ako mapansin-pansin. Palagi kitang pinagmamasdan at madalas kitang mahuli na nakasulyap kay Kuya. Palagi kitang nahuhuli na mapapangiti kapag nakatingin ka sa kanya. Mahal mo ba si Kuya?"

"Mahal? Haha." kinakabahan akong tumawa "Papaano ko mamahalin ang taong may mahal namang iba? Papaano ko mamahalin ang taong alam ko namang wala akong aasahan?"

"Hindi mo sinagot ang tanong ko," nawala ang ngiti ko sa sinabi ni Klyde "Althea, I will say this once. Wala kang aasahan kay Kuya. Kaya kung may nararamdaman ka sa kanya ngayon palang itigil mo na. Hindi niya iiwan si Jeninna para sa'yo. At sigurado akong hindi niya iiwan si Jeninna para lang ituloy ang utos ni Lolo na pakasalan ka."

Malungkot akong ngumiti, "Tingin mo hindi ko iyan alam? Nung una palang kaming magkakilala ni Kuya mo sinabi na niya 'yan sa akin. Alam ko kung gaano niya kamahal si Kendall Jenner kaya hindi ako umaasang matutuloy ang kasalan sa aming dalawa," tugon ko "Kung sinabi ko sa'yong itigil mo 'yang nararamdaman mo sa akin, ititigil mo ba?"

"FUCK NO!" sambit ni Klyde. "Hindi ko ititigil kasi 'di ko alam kung paano itigil." buong-buo niyang sagot.

"Ganyan din ang nararamdaman ko," sagot ko "Paano ko ititigil ang namumuong pakiramdam ko kay Kuya mo kung hindi ko alam kung papaano."

Panandaliang nagsalita si Klyde saka siya muling sumagot, "Basta. Hindi ako titigil, Althea. Kung kailangang nakawin kita mula kay Kuya gagawin mo. Kung kailangang sabihin ko kay Lolo na sa akin ka nalang niya ipakasal gagawin ko. Maghintay ka lang, Althea. I will make you fall inlove with me." sabi niya "Ang unfair lang dahil ako lunod na lunod na sa pagkagusto ko sa'yo habang ikaw naman sa ibang tao gustong malunod." dagdag pa niya "Althea, kung sa akin ka malulunod hindi ka masasaktan. Kasi sasabayan kita sa pagkalunod."

Napangiti ako, "Gaga. Hindi ako malulunod. Magaling akong lumangoy." pagmamalaki ko "Ikaw nalang magpakalunod. Ikaw may trip niyan, 'e. Idadamay mo pa ako."

"Pwede bang maging seryoso ka naman?" naiinis na sagot ni Klyde "If you could only read my mind, you would know that I always think about you."

"Minumura mo ba ako?" naiinis ko ring sagot.

Napakagat ng labi si Klyde. Napansin kong may nunal si Klyde sa gilid ng labi niya. Dumagdag ang nunal na iyun sa kakisigan ng mukha niya.

Hinawakan ni Klyde ang kamay ko, "Hindi kita minumura. Ang sinasabi ko kung kaya mo lang basahin ang nasa isip ko malalaman mo na palagi kitang iniisip."

"Kahit nasa banyo ka iniisip mo ako?" gulantang kong sagot.

"Shit. Ba't ba ako na-inlove sa loka-lokang 'to." mahinang sagot ni Klyde "Althea, makinig ka. Wala akong planong sumuko sa'yo. Gagawin ko ang lahat. Ang lahat-lahat hanggang dumating iyung araw na ako naman ang napapansin mo."

"Bitawan mo ang kamay ko, Klyde." pag-iinarte ko kay Klyde.

"Hindi. Hindi kita bibitawan. Hindi ko bibitawan ang kamay ng babaeng gusto ko." matigas niyang tugon.

Sasagot pa sana ako pero bigla akong napatigil nang may magsalita. Parehas kaming napatingin ni Klyde sa likuran niya at sabay ding nagulat dahil may timawang galit na naman ang reaction sa mukha.

"Let the fuck her go, Klyde." seryosong pagsasalita ni Elton habang naglalakad papunta sa gawi namin "Stop harassing her." pagmumura niya sa kapatid niya.

Anong ginagawa ng walangyang 'to dito? Baka nakakalimutan niyang galit ako sa kanya. So much stressness naman, 'o. Ayoko ngang makita siya ngayon pagkatapos kong mag walk-out tapos saka pa siya susulpot? Stressness na nga ako kay Klyde dagdag

stressness pa 'tong Elton na 'to. Pagpapahingahin niyo naman ang magandang tulad ko, pwede?

"You have in no position to say what I should do," seryosong sagot ni Klyde saka lalong humigpit ang pagkakahawak niya sa kamay ko. Ramdam ko na naging seryoso ang paligid. Parang magsusuntukan 'tong dalawang falcon ngayon sa harapan ko. "Stop meddling with us kuya. You have Jeninna, right? So, don't bother yourself concering with this promdi girl."

Nakita kong tumigas ang panga ni Elton sa pagmumura sa kanya ni Klyde. Hindi ko alam kung anong rason kung bakit sila nagmumurahan dalawa. Tumayo si Elton sa harap ng kapatid niya saka ito nagsalita.

"Brylan Klyde, I'm warning you. Let her hands go."ramdam ko ang pagbabanta sa sinabi ni Elton kahit hindi ko naintindihan iyung sinabi niya kay Klyde. "You want to deal with my fist again?"

"Ouch," pag-angal ko dahil naramdaman kong mas humigpit ang pagkakahawak ni Klyde sa kamay ko.

Napatingin si Elton sa akin saka sa kamay kong hawak ni Klyde. Pagtapos 'nun saka siya ako hinila papalapit sa kanya ng malakas kaya napasandal ako sa dibdib ni San Goku. Naamoy ko tuloy iyung nakakaadik niyang pabango. Yummyness mo, Elton. Pakurot nga sa pisngi ng matambok mong pwetan.

Walang nagawa si Klyde kaya nabitawan niya ako. Mas lalong tumalim ang tingin ni Elton sa kapatid niya na parang gusto niya na itong sapakin ngayon.

"Elton, 'wag." pagpigil ko kay San Goku "Hindi naman niya ako sinaktan."

"Althea, 'wag kang umasa kay Kuya. Wala kang aasahan sa kanya." pailing-iling na pagsasalita ni Klyde.

"Stop brainwashing her head, will you?" sagot ni Elton kay Klyde "And don't involve her in your bullshit game, Brylan Klyde."

Biglang napatawa si Klyde, "Don't involve her in my game you say, Kuya? You can't stop me. Once I set my target. I won't give her any chance to escape. That woman is an idiot. She should just go back to the place where she belongs. I love stupid girl to play with." napangisi si Klyde sa 'di ko alam na dahilan.

"You fucking bastard!" hinawakan ni Elton si Klyde sa sandong suot nito at handa ng suntukin.

Siyempre 'di ko hahayaan na suntukin at muling saktan ni Elton si Klyde kaya mabilis kong itulak si San Goku palayo sa kapatid niya. Nagulat si Elton sa ginawa ko pero hindi ako nagulat. Ba't ako magugulat? E, ako naman ang tumulak. Ihinarang

ko rin ang katawan ko sa harapan ni Klyde para protektahan siya sa super sayans na nasa harapan namin.

"Ano, Elton? Susuntukin mo na naman ang kapatid mo? Hoy! Hindi punching bag ang mukha ni Klyde. Shungang San Goku 'to." mataray na pagsasalita ko habang nakaharang kay Klyde.

"See?" napatawa si Klyde sa likuran ko "She's really stupid. She doesn't know anything."

Humarap ako kay Klyde, "Minumura mo ba ako?"

"Hahaha," napatawa na si Klyde "Hindi. Hindi kita minumura. Ang sabi ko ikaw ang makakalaban ni Kuya kapag sinuntok niya ako, 'di ba?"

Napangiti ako saka tumango, "Tama. Boboksingin ko si Elton kapag sinuntok ka niya."

"Cut the crap!" napasigaw si Elton saka niya ako hinawakan sa kamay ko at muling hinila papalayo sa kapatid niya. "Klyde, you've been warned. Once you touch her. I'll forget that you're my brother." huling sinabi ni Elton sa kapatid niya saka siya naglakad papalayo kay Klyde habang hatak-hatak ako.

Bago pa kami tuluyang makababa sa hagdanan kinindatan muna ako ni Klyde saka ito kumaway sa akin. Syempre hindi ako kumaway pabalik. Ang mga snob sa personal hindi marunong kumaway, 'no.

Hatak-hatak lang ako ni Elton habang naglalakad kaming dalawa. Hindi ko alam kung saan kami pupunta. Kitang-kita ko ang inis sa mukha ni Elton na hindi ko alam na dahilan. Bakit siya naiinis? Hindi ba dapat ako ang maiinis dahil bigla-bigla nalang siyang susumulpot at aawayin ang kapatid niya na wala namang ginagawa sa kanya? Saka, galit kaya ako sa kanya. Hindi niya dapat ako hinahawakan.

"Saan ba tayo pupunta? Bitawan mo ko, San Goku." sinubukan kong bawiin ang kamay ko pero 'di niya ito binibitawan. Tuloy-tuloy lang kami sa paglalakad. Parang hindi niya ako naririnig. "HOY, ELTON! ANO BA?"

Napatigil si Elton sa paglalakad at humarap sa akin. Galit na galit ang mukha niya. "WILL YOU FUCKING STOP? NAKAKARINDI, 'E. SUMUNOD KA NALANG!"

Nagulantang ako at halos maloka dahil sinigawan ako ni Elton. Hindi ko alam kung ano ba ang kinakagalit niya. Samantalang ako dapat ang magalit sa kanya nang dahil sa sinabi niya kanina noong nasa dining area kami. Nakakaloka naman po pala.

"Ano bang kinakagalit mo? Hindi kita maintindihan. Ako dapat ang galit sa'yo, 'e."

"Kinakagalit ko ang pagiging tanga mo. Hindi mo kilala si Klyde. 'Wag kang

lumalapit-lapit sa kanya!" muli niyang sigaw. "Wag na wag kang makikinig sa mga sinasabi niya dahil maloloka ka lang."

Napakunot ang noo ko, "Wag akong makinig sa mga sinasabi niya? So, sa'yo dapat ako makikinig, ganon?" balik tanong ko kay Elton. "Hoy, Elton Alexander. Sa inyong dalawa ng kapatid mo mas pipiliin ko nalang na siya ang pakinggan ko. Saka, sagutin mo nga ang tanong ko. Ano bang kinakagalit mo?"

"Shut up!" sigaw niyang muli at naglakad na naman kaming dalawa. Hatak-hatak na naman ako ng walangya. Mukhang kapag umangal pa ako sa akin niya isuntok ang kamao niya. Nakakatakot si Elton ngayon.

Nagpatuloy kami sa paglalakad hanggang sa lumiko kami at matanaw ko na ang k'warto ko. Hindi ko alam kung bakit niya ako dinala rito. May balak ba siyang gawin sa akin ngayon? Jusko. Hindi pa ako ready. Hindi pa nga ako naliligo. Saka hindi parehas ang design ng bra at panty ko. Nakakahiya kung makita ni Elton 'yun.

Binitawan na ni Elton ang kamay ko nang nasa tapat na kami ng kwarto ko.

Agad kong yinakap ko ang katawan ko, "Anong gagawin mo sa akin? Hindi pa ako handa. 'Di ba ang gumagawa lang 'nun ay mga mag-asawa lang? Hindi naman tayo mag-asawa kaya hindi dapat natin gagawin 'yun." sabi ko habang natatakot pa "Pero kung pipilitin mo ako baka pumayag ako. Hehe."

"Pinagsasabi mo?" kunot noong sagot ni Elton. "Magbihis ka at sasama ka sa akin sa kumpanya ngayon."

"Eh?" napatigil ako sa pag-iinarte "Yun lang pala? Wala kang gagawin sa akin?"

"Anong gagawin ko sa'yo? Nababaliw ka na ba?"

"As in wala kang gagawin? Magbibihis lang ako tapos aalis na tayo? Wala ka talagang gagawin na naughty sa akin, Elton?" muli kong tanong.

"May sayad ka talaga, 'no? Wala akong gagawin sa'yo. Hindi kita type." naiinis niyang tugon. "Bilisan mo na at mali-late na ako. Marami pa akong tatapusin na trabaho."

"Fineness!" nakasimangot kong sagot saka na binuksan iyung pintuan. Bago ko pa isarado nang tuluyan ang pintuan muli kong tinanong ni Elton. "Huling katanungan. Wala ka talagang gagawin sa akin? Hindi ko na i-lock ang pintuan. Baka magbago ang isip mo. Hehe."

"Will you just change your clothes?" sigaw na naman niya.

"Dakyu ka rin. 'Wag mo kong murahin. Para tinatanong lang, 'e." ismid ko "Porket

matambok ang pwetan mo. Tse. Hindi wala na kung wala. Akala mo naman gusto ko ring may gawin ka sa akin. Asa ka naman. Hindi rin kita type." nag-ikot pa ako ng mata saka ko sinarado ang pintuan.

Naghubad na ako ng suot kong blouse. Bago ko pa isuot ang bagong blouse muli akong sumigaw kay Elton na nasa labas lamang ng pintuan.

"ELTON!!"

"ANO? BILISAN MO NGA DIYAN!!" sigaw niyang sagot mula sa labasan.

"Kung magbabago ang isip mo baguhin mo na. Pwede mo pa akong pasukin dito sa kwarto. Hindi ko pa nasusuot ang blouse ko." napahagikgik pa ako.

"ULOL!" pagmumura niyang sagot sa akin.

Lechugas na Elton 'to. Walang pakikisama. Ayaw talaga baguhin ang isip niya.

==========

Chapter 20

Commentness at Voteness. Para manalo ang bobita sa Wattys2015! HAHAHA

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 20.

Hindi ko na mabilang kung ilang beses na ba ako napairap at napasimangot ngayong umaga simula nang umalis kaming dalawa ni Elton sa mansion kanina. Ang aga-aga ini-stressness niya na naman ako. Paulit-ulit siya sa mga bilin niya sa akin. Simula ng bumalik kami sa pag tatrabaho sa kumpanya araw-araw niya akong pinapaalalahanan. Palagi niyang sinasabi na 'wag daw akong aalis ng kumpanya na hindi siya kasama. Tingin niya ba bobita ako para 'di ko 'yun ma-getsness ng isang sabihan niya lang? Top 2 sa PABEBE elem at Top 10 sa SUMAN high kaya 'tong kausap niya. Duhness

"Hoy, Promdi girl. Nakikinig ka ba sa mga sinasabi ko?" muli akong napairap sa kawalan nang marinig ko ang nakakainis na mga paalala niya. Ginagawa niya talaga akong boba.

Sinulyapan ko si Elton saka ko siya inirapan, "Oo kaya. Jusko naman, San Goku. Paulit-ulit ka nalang. Ilang araw mo ng sinasabi sa akin 'yan. Ang sakit mo sa apdo!" pagrereklamo ko "Getsness ko naman, 'di ba? 'Kita mo kahapon umalis ba ako? Hindi. Hinintay kita. So stopness na. It's not funnyness."

"Alam mo kasi, Promdi girl, ang tulad mo kailangang palaging pinapaalalahanan. Bobita ka pa naman," seryosong sagot ni Elton habang nagmamaneho "Malingat lang ako

sandali may ginagawa ka ng kabobohan. Kaya hindi ka dapat iniiwan mag-isa, 'e."

"So, sasamahan mo ako sa paglilinis ng lobby mamaya?" tanong ko sa kanya "Magba-bondingness tayo sa paglilinis dalawa? WOW! Masaya 'yun. You and me against the worldness ang pegness natin."

Napairap siya, "Mag-isa ka."

"Okay lang. Sanay naman akong mag-isa." napasimangot ako.

"Aba, humuhugot ka pa diyan. 'Wag mo ko guluhin. Nag mamaneho ako."

"Ay, wow. Ako ba gumugulo sa'yo? Ikaw kaya kausap ng kausap sa akin. Feeling close ka nga, 'e." untad ko saka muling napairap. May sayad talaga 'tong si Elton kahit kailan. Ako raw gumugulo sa kanya?

Itinuon ko nalang ang paningin ko sa mga dinadaanan naming dalawa ni Elton. Kahit ang ganda ng mga nakikita kong view hindi ko naman ito ma-enjoyness. Sa totoo lang tinatamad akong mag trabaho ngayon. Tinatamad akong pumasok. Kaso kung maiiwan naman ako sa mansion mas lalong nakakatamad. Nakakasawa kayang makipag-plastikan sa mga tao 'dun kahit na mga students ko pa sila.

Napabuntong hininga ako. Paano ba kasi ako hindi tatamarin kung hindi ko naman nakikita si baby suman ko 'dun sa kumpanya. Ilang araw ko na siyang hindi nakikita. Ang huling kita ko pa sa kanya ay 'nung nagkasakit 'tong si Elton na may sayad. Kaya nga rin ako sinisipag pumasok dahil nagiging inspirasyon ko si Jonas para sipagin akong pumunta sa kumpanya at maglinis. Pero wala ring saysay ang pagpasok ko dahil wala akong malandi—este inspirasyon.

Tinignan ko si Elton habang seryosong nagmamaneho. Ang gwapo niya ngayon, ah. Ang gwapo-gwapo talaga nitong si Elton Alexander. Kung hindi lang may sayad perfectness na sana siya. Kaso may tama ang ulo, 'e. Minsan nakakainis siyang lalaki. Kadalasan naman ang sarap niyang halikan habang kinukurot ang matambok niyang pwetan. Mwahaha. Patingin ng matambok mong pwet, Bebe Elton. Chos!

"Anong tinitingin-tingin mo diyan?" masungit niyang pagsasalita. Salubong na naman ang kilay.

"May itatanong lang ako. Ang sungit mo na naman agad diyan." saad ko "Tingin mo ba papasok na si Jonas ngayon? Ilang araw ko na siyang hindi nakikita, 'e. Nakakamiss na siya." napanguso pa ako. Nabasa ko kasi sa diyaryo kahapon na ang cuteness daw sa babae kapag nakanguso.

Mas lalong nagsalubong ang kilay ni Elton nang dahil sa sinabi ko. Parang bigla siyang nainis. May nakakainis ba sa sinabi ko? Wala naman, ah. Nagtatanong lang naman ang magandang babaeng nakanguso sa kanya. Ba't kailangan niya pang mainis?

"Wag ka ngang ngumuso. Hindi bagay sa'yo. Mukha ka lang aso," panglalait niya sa akin na naging rason para mapatigil ako sa pag nguso. "Saka, 'di ko alam kung papasok na si Jonas. Marami akong trabahong pinagawa sa kanya outside the company. Baka matagalan pa 'yun." sabi niya saka biglang napangisi.

"Pwede mo namang sagutin 'yung tanong ko na walang panlalait, 'e. Kailangan pa talagang sabihin na mukha akong aso, ha, Elton Boldstar?" iritado kong sagot "Wag ka ring ngumisi diyan. Mukha ka ring aso na napilayan. Hindi bagay sa'yo." panlalait ko pabalik.

"Ah, talaga? Kung mukha akong aso na napilayan ikaw naman mukha kang aso na hindi makaihi."

"OH TOLOGO?" saad ko "Ikaw naman mukha kang aso na dose ang dodo sa katawan."

Natawa si Elton, "8 lang ang dodo ng aso. Baliw ka."

"8 lang sa iba. Pero sa'yo dose. 'Yung apat nasa mukha mo. Ikaw lang ang asong may dodo sa mukha." naiinis kong tugon "Wag mo kong kausapin. Snob ako sa personal."

Kahit hindi na ako nakatingin kay Elton nakikita ko naman sa gilid ng mata ko na nakangiti pa rin siya habang umiiling. Parang tuwang-tuwa siya 'dun sa paglalaitan namin sa isa't isa. Ano kayang nakakatuwa 'dun? Nakaka-high bloodness lang kaya.

Ikaw ba naman ikumpara sa aso na hindi makaihi tignan natin kung matutuwa ka. Pero si Elton mukhang natutuwa. Mukhang gustong-gusto niya na ikinukumpara siya sa asong napilayan. Hayaan niya next time ikukumpara ko pa siya sa asong bulag. Walang dila. Asong walang ngipin at asong birhen—teka, birhen pa ba si Elton? Baka 'di ko siya pwedeng ikumpara sa asong birhen.

"Elton, may tanong ako."

"O, ba't kinakausap mo ako? 'Di ba snob ka sa personal?"

Napaikot ako ng mata, "Ang mga snob sa personal na kagaya ko pwede ring kumausap." saad ko "May itatanong lang ako. Ang dami mo pang sinasabi."

"So, anong tanong mo?" sagot niya habang nakatuon ang pansin niya sa dinadaanan namin.

"Virgin ka pa ba?" curiousness kong tanong. Nang dahil sa tanong ko na iyun biglang huminto ang sasakyan at kung hindi lang ako naka-seatbelt baka dumikit na ang mukha ko sa harapan. "ARAY! PAPATAYIN MO BA AKO?" gulantang kong pagsasalita.

Tumingin sa akin si Elton at pansin na pansin ko 'yung mukha niya na pulang-pula. Hindi ko alam kung bakit namumula ang mukha niya. Naiinitan ba siya? E, ang lakas

kaya ng aircon.

"What the hell, promdi girl? What the fuck is that question?" galit na galit niyang pagmumura.

"Nakamura naman 'to agad. Tinatanong ko lang naman kung virgin ka pa. Oo o hindi lang ang sagot, 'e. Hindi mo kailangang magmura," mas lalong namula ang mukha ni Elton "Uy, Elton. Pulang-pula ang mukha mo. Nilalagnat ka na naman ba?"

Feelingness ko galit na galit si Elton ngayon sa akin sa 'di ko alam na dahilan. May nasabi ba akong masama na siyang kinagalit niya? Pulang-pula talaga ang mukha niya. Kitang-kita ito dahil maputi siya. Parang any momentness mag su-supersayans na siya saka ako itutulak palabas ng pintuan.

"Tigil-tigilan mo nga 'yung mga ganyang tanong." sabi niya saka muling pinaandar ang sasakyan.

"Aling tanong?" sagot ko "Kung virgin ka pa ba? Hindi mo nga sinagot, 'e. Virgin ka pa ba, Elton?"

Tinignan ako ni Elton ng masama, "Tigilan mo na." pagbabanta niya.

"Yung alin ba? Kung virgin ka pa?" pag-ulit ko.

"Isa pang pag-ulit mo," tumalim na ang tingin niya "Sisipain kita palabas ng sasakyan."

Mukhang 'di na natutuwa si Elton dahil kitang-kita ko na 'yung galit sa mga mata niya. Ba't ba siya nagagalit? Wala naman akong tinatanong na masama. Gusto ko lang naman malaman kung virgin pa ba siya o hindi. Ba't kailangan pa mamula ng mukha niya? Ano kaya 'yun. Parang timang. Hindi naman sagutin 'yung tanong ko. Maysadong KJ 'tong si Elton.

Nanahimik nalang ako at hindi na nagsalita. Parang kahit anong tanong ko kasi kay Elton kinakagalit niya. Wala naman akong masamang sinasabi. Puro pang-matatalinong tanong nga 'yung mga tinatanong ko. Puro pang-matatalino rin ang mga ginagawa ko. Wala kang mapipintas at masasabi sa mga kilos ko.

Sabi kasi sa akin 'nun sa PABEBE elementary palaging matalinong gawain ang aming ipamalas. Kapag nga magsisimula ang flag ceremony sa amin 'nun sisigaw muna kaming lahat na mga babae ng 'Kami ang pabebe girls.' Tapos biglang magsasalita 'yung principal namin ng "Tama na 'yan. Tigilan niyo na 'yan. Huhuhu."

Habang nananahimik ako bigla kong naisip si Majinbu. Ano kayang ginagawa ngayon 'nun? Mag-isa lang kasi siya at walang bantay dahil may pasok ang hindut na bayut sa school niya. Ikinulong ko tuloy si Majinbu 'dun sa maleta ko. Baka kasi lumabas 'yun mag-isa at landiin 'yung aso ni Chris. Alam niyo naman si Majinbu malandi kung

minsan pero malantong madalas.

Hindi ko naman pwedeng talian 'yung mga paa at ulo niya katulad ng ginawa ko nung isang araw dahil tiyak kapag uwi ko aawayin na naman niya ako. Sasabihin na naman 'nun na minamaltrato ko siya. Kapal din ng taba niya, 'no? So, ikinulong ko nalang siya sa maleta. Ang talino ko talaga minsan at snob naman ako sa personal madalas.

Pagkatapos ng ilang sandali nakarating na kami sa kumpanya ng mga falcon. Ipinasok muna ni Elton ang sasakyan niya sa may parking lot saka ito tumigil. Humarap sa akin si Elton saka ginawa niya ang araw-araw niyang ginagawa sa akin. Hinahalikan ako ng paulit-ulit hanggang sa magsawa niya at mamaga ang labi ko dahil sa tindi ng halik niya—JOKE. Tinanggal niya 'yung seatbelt ko kaya amoy na amoy ko na naman 'yung mabangong katawan ni Elton.

"Promdi girl, makinig ka." paninimulang pagsasalita ni Elton nang lumayo siya. Alam na alam ko na kung saan mapupunta 'tong sasabihin niya. "Wag na wag kang aalis ng kumpanya na hindi ako kasama—"

"—Wag akong aalis na wala akong pasabi. Wag na wag kitang kakausapin kapag nakita kita sa loob ng kumpanya. 'Wag na wag kong ipapaalam na kakilala kita. Wag na wag kong sasabihin kahit kanino na kilala ko personallyness ang mga Falcons." pagdugtong ko sa sinasabi niya habang kumakamot ng ulo ko dahil biglang nangati. "Sus, alam ko na 'yan. Wala bang bago?"

"Very good at saulo mo na. Akala ko mahirap kang makasaulo since bobita ka."

"Hindi ako bobita."

"Magaganda ang mga bobita, ah." nakangising sagot ni Elton.

"JOKE! Bobita kaya ako. Hehe. 'Di ba, Elton, bobita ako?"

Tumango siya, "That's right. Bobita ka."

Napahagikgik ako dahil sa sinabi ni Elton na bobita ako. Kasi ibigsabihin nagagandahan siya sa akin since ang mga bobita ay magaganda. Todo kamot pa ako sa ulo ko dahil nga sobrang kati. Pagtapos ko mangamot napatingin ako sa kuko ko at may nakita akong kuto. Inilagay ko ito sa palad ko at ipinakita kay Elton.

"Elton, may kuto akong nakuha, oh." pinakita ko 'yung palad ko "Tikman mo dali. Matamis 'yan." sabi ko habang todo ngiti pa kasi alam kong masasarapan si Elton sa sarili kong kuto.

"The fuck? Nakakadiri ka!" tinapik ni Elton 'yung palad ko kaya biglang nawala 'yung kuto.

"Ay, gagu ka, San Goku. Nawala na 'yung kuto." tinignan ko 'yung lapag ng kotse pero 'di ko na mahanap 'yung kuto. "Lechugas ka, San Goku. Sinayang mo 'yung kuto ko. Ang hirap kaya hanapin 'nun sa ulo ko. Hindi mo man lang tinikman. Ang daming nagugutom na bata sa mundo. Mabuti ka nga may kuto kang matitikman!" panenermon ko sa kanya.

Habang hinahanap ko 'yung kuto ko na nawawala saka ako nakarinig ng pagsarado ng pintuan. Pag-angat ng ulo ko nakita ko si Elton na nasa labasan na at naglalakad. Iniwan na pala ako 'nung bwisit.

"Kuto, 'wag kang aalis diyan, ah. Hahanapin kita mamaya. Kailangan ka matikman ni Elton at baka kapag natikman ka niya bumait na siya sa akin. Hehehe." pagpapaalam ko sa kuto saka mabilis akong lumabas ng sasakyan ni Elton at hinabol siya sa paglalakad.

Tulad ng bilin ni Elton hindi ko siya pinansin nang makapasok na kaming dalawa sa loob ng kumpanya nila. Dire-diretso lang siya sa paglalakad at walang pinapansin na kung sino kahit may bumabati sa kanya na empleyado nila. Grabe po siya sa pagka-snob. Tinalo pa niya ako. Hindi ko alam na member din siya ng Snob Society kagaya ko. Kelan kaya siya sumali? Baka parehas kami ng date ng pagsali. 'E di ibigsabihin meant to beness kami. Destiny na nga ituuu.

Habang naglalakad ako papunta sa may office ng mga janitor biglang may sumigaw ng pangalan ko. Pag tingin ko sa likuran ko nakita ko si Jonas na tumatakbo papunta sa akin.

"ALTHEA!!" todo sigaw si Jonas ng pangalan ko. Wala siyang pakialam kahit napapatingin na sa kanya iyung mga empleyado sa paligid. "Na-miss kita! Ilang araw kitang hindi nakita!" sabi pa niya saka ako yinakap ng mahigpit. Bumaon ang mukha ko sa dibdib ni Jonas. Ang bango niya. Pero mas mabango pa rin talaga si Elton.

Humiwalay si Jonas sa akin, "Grabe, Althea. Parang lalo kang gumanda ngayon." pambobola sa akin ni Jonas. Ngiting-ngiti siya. Kitang-kita ko 'yung mga ngipin niya na mapuputi.

"Hala, grabe ka naman mambola." pinalo ko 'yung dibdib ni Jonas. Ang tigas. "Hindi naman. Natural lang 'tong ganda ko." napahagikgik pa ako.

"Natural ba 'yan? Parang hindi, 'e. Mas lalo ka talagang gumanda."

"Kashi naman, 'e." pabebe kong sagot habang kilig na kilig. "Ilang araw nga tayong hindi nagkita. Ang busy mo kasi, 'e."

Napatango siya, "Oo nga, 'e. Si Elton kasi biglaan akong binigyan ng trabaho outside the company. Dapat next week pa balik ko pero tinapos ko talagang lahat para makita kita."

"Talaga?" kilig na kilig na naman ang ma'am niyo students. "Para sa akin talaga?"

"Oo, ah. Malakas ka kaya sa akin." masayang sabi ni Jonas "Payakap nga ulit, Althea!"

Hindi pa ako nakakasagot bigla na akong yinakap ni Jonas. Bumaon na naman ang mukha ko sa dibdib niyang matipuno. Ang bango talaga ni Papa Jonas. Pero hindi tumagal 'yung yakap niya sa akin dahil bigla akong napahiwalay sa kanya. May humala sa akin para bigla akong mapalayo kay Jonas.

"Kung may oras kayong dalawa diyan para maglandian 'edi mas may oras kayong dalawa para may trabaho, tama ba ako?" napatingin ako sa taong humila sa akin at nakita ko ang nakabusangot na mukha ni Elton. Galit na naman ang itchura niya. Teka—akala ko ba umakyat na 'to 'dun sa office niya?

Natawa si Jonas, "Chill, dude. Ang aga-aga bad mood ka na naman. Binabati ko lang naman si Althea. 'Di ba, Althea?" nakangiting tanong ni Jonas.

"Oo kaya," sagot ko "Bitawan mo nga ako, San Goku. Ang sakit mo humawak sa braso ko." binawi ko 'yung kamay ko dahil feelingness ko mababali na ito sa higpit ng pagkakahawak niya.

Seryosong tumingin si Elton sa akin saka muling tumingin kay Jonas, "Talaga? Tapos na trabaho mo?" parang naiinis niyang tanong "How about the shipments?"

"Already finished." pagmumura ni Jonas.

"How about checking the deliveries?" pagmumura naman ni Elton.

"Already done. I also checked the next week transactions." pagmumurang sagot ni Jonas "Wala na akong trabaho for this week. May oras na ulit ako kay Althea." tumingin si Jonas sa akin saka tumaas-taas ang kilay niya. Kinilig naman ako dahil ang gwapo niya sa part na 'yun.

"You're already done for your job this week?" seryosong pagmumura ni Elton. Napatango si Jonas. "Well, then. I'll give you another task. Ikaw makipag-usap 'dun Herrera Merchandise. Ikaw kumuha ng orders nila ngayon."

"But, dude. Hindi ko trabaho 'yun."

Tumalim ang tingin ni Elton kay Jonas, "I don't care if that's not your job. Utos ko 'yun. Utos ko iyun bilang boss mo. May reklamo ka ba?"

Napabuntong hininga si Jonas, "None, sir." sabi ni Jonas saka tumingin sa akin "Paano ba 'yan, Althea. Mukhang may trabaho pa ako. Hindi kita mati-treat ng lunch later." malungkot niyang sabi sa akin.

Malungkot akong napangiti, "Ayos lang."

"Hindi mo siya kailangang i-libre ng lunch dahil sabay kaming kakain."napatingin ako kay Elton dahil sa sinabi niya. "May reklamo ka, Promdi Girl?"

"Teka—may usapan ba tayo? Wala akong natatandaan." naguguluhan kong tanong.

"Meron. Hindi mo lang natandaan dahil bobita ka." sagot ni Elton saka muling hinawakan 'yung kamay ko. "You may go now, Jonas. Simulan mo na trabaho mo." huling pagsasalita ni Elton saka ako hinila palayo kay Jonas.

Sinundan lang kami ni Jonas ng tingin habang malungkot na nakatingin sa aming dalawa ni Elton. Parang nanghihinayang siya na hindi kami magkakasamang dalawa sa pagkain mamaya dahil may biglaang trabaho si Jonas na ibinigay ni Elton. Nang makalayo kami kumaway si Jonas sa akin saka na tumalikod. Kawawa naman ang baby suman ko. HUHUHUHU!

Naguguluhan din ako ngayon. Naguguluhan ako dahil wala namang sinabi si Elton kanina na sabay kaming kakain ng lunch. Kasi sa mga nakaraang araw naman 'di kami sabay kumain. Pero mas naguguluhan ako ngayon na kung bakit hatak-hatak ako ni Elton habang naglalakad kaya 'yung mga empleyadong nakakasalubong naming 'e napapatingin sa aming dalawa.

"Elton 'yung mga empleyado nakatingin sa atin. Baka may masabi sila. 'Di ba dapat wala tayong pansinan. Nakahawak ka pa sa kamay ko." bulong ko kay Elton kaya siya napatigil sa paglalakad at napatingin sa akin.

"Wag mong intindihin 'yung mga sasabihin nila. Intindihin mo 'yung mga sinasabi ko." Inis niyang saad saka tumingin sa paligid. "What are you staring at? You didn't hire here just to stare. Get back to work!" pagmumura ni Elton sa mga taong nakatingin sa amin kaya mabilis nilang inalis 'yung mga tingin nila sa aming dalawa ni Elton.

Napanganga ako sa naging reaction ni Elton. Ano bang kinakagalit ng timawang 'to? Ang aga-aga palang bad mood na. Muli niyang hinawakan 'yung kamay ko saka kami ulit naglakad. Nang nasa tapat na kami ng kulay gold na elevator pinindot niya ito. Hinila niya ako papasok sa loob.

"Saan ako pupunta?" nagtataka kong tanong.

"Sa office ko." salubong na kilay na sagot ni Elton.

"E, bakit dun? Sa lobby ang trabaho ko." sabi ko "Saka 'yung kamay ko bitawan mo na. Kanina ka pa nakahawak, 'e."

Napatingin si Elton sa kamay namin saka niya ito binitiwan. Agad naman akong

nanghinayang. Ba't kasi sinabi ko pa? Edi sana habang nasa loob kami ng elevator magkahawak pa rin kami ng kamay habang kumakanta ng 'Hawak kamay. 'Di kita iiwan sa paglalakbay.'

"Hindi ka na sa lobby maglilinis. Opisina ko na ang lilinisin mo." sagot niya na 'di man lang ako tinitignan.

"Sino nagsabi? Wala namang sinasabi si Mommy G na 'yun na ang lilinisin ko."

"Ako ang may sabi!" tumaas ang boses ni Elton "Sa kumpanya na 'to ako ang boss. Kaya lahat ng sinasabi ko dapat sinusunod. Naiintindihan mo?"

"Hindi mo kailangan sumigaw. Rinig na rinig kita. Bwisit." napairap ako saka napatingin sa kamay ni Elton. "Elton, oh." sabi ko saka itinaas ang kamay ko.

"Anong gagawin ko diyan?"

"Holding hands na ulit tayo. Hehehe."

"Mag holding hands ka mag-isa mo." sagot niya saka lumabas na ng elevator nang bumukas ito.

"Mag holding hands ka mag-isa mo," panggagaya ko sa kanya "Kurutin ko 'yang pwet mo makita mo."

Sumunod na ako kay Elton sa paglalakad patungo sa kwarto na kanyang opisina. Pansin na pansin ko na naman 'yung mga kababaihan sa paligid na napatingin kay Elton nang makita nila ito. 'Yung mga tingin nila parang hinuhubaran nila sa Elton sa isipan nila. Grabehan na ituu. Mga malalantong na babae dapat sinusunog! CHOS!

Pag pasok namin ni Elton sa loob ng opisina niya agad na niyang hinubad iyung suot niyang coat. Puting long-sleeve nalang ang suot niya ngayon na bakat na bakat sa katawan niya. 'Yung muscles niya bumabakat sa suot niya dahil mapinis lang 'to. Baka rin ang nipples niya. Ang nipis kasi ng damit. Hindi nalang siya naghubad, 'no? Tutal naman dalawa lang kaming andito sa loob ng opisina niya.

"Ba't nakatitig ka sa akin? Simulan mo na trabaho mo." sabi ni Elton saka ito umupo sa may table niya.

"Anong lilinisin ko rito? E, ang linis naman ng opisina mo. Ginagago mo ba ako?"

"Maghanap ka ng malilinis dahil mula sa araw na 'to itong opisina ko na ang lilinisin mo."

"Ano? E, paano 'yung lobby at first floor?"

"Bahala na iyung ibang janitress." singhal ni Elton. "Ang dami mong tanong. Naiirita ako. Tawagin mo nalang nga si Maxine diyan sa labas ng pintuan. Sabihin mo may sasabihin ako."

"Tawagin ko? Akala ko ba janitress ako? Kailan pa ako naging caller, aber?"

Hinawakan ni Elton 'yung telepono, "Gusto mo ibato ko 'to sa'yo?"

"Hehehe. Ayaw. Sige na at tatawagin ko na si Maxima."

"Anong maxima? Maxine. Si Maxine ang tatawagin mo." giit niya.

"Maxine nga. Ano bang sabi ko? Bungol ka, Elton." sabi ko at umirap.

Nagtungo na ako sa may pintuan at sumilip. Sumigaw ako. "TAWAG DAW NI SAN—ESTE SIR ELTON SI MAXIMILYO. NANDYAN BA SIYA?" malakas ang sigaw ko kaya napatingin sa akin 'yung mga empleyadong busy sa ginagawa nila.

"ANONG MAXIMILYO? MAXINE, PROMDI GIRL. MAXINE!" sigaw ni Elton sa akin.

"Ay, oo nga." napakamot ako ng ulo saka muling tumingin sa labasan. "TAWAG NI SIR ELTON SI MAXINEJIJI. MAY JIJIERA BA DIYAN?" muli kong sigaw.

Biglang nagtaasan 'yung kamay nung mga empleyado kaya bigla akong naloka, "Ay! Kaloka. Ang daming jijieras." gulantang kong pagsasalita.

Bigla akong nagulat nang bumukas ng malaki ang pintuan. Pag tingin ko sa likuran ko nasa likod ko na si Elton. Kunot na naman ang noo. Parang may nasaksihan siyang kabobohan. Kaninong kabobohan ang nasaksihan niya? Gusto ko rin makita.

"Andiyan nab a si Maxine?" pagsasalita ni Elton. Dahil nakatingala ako sa kanya naaamoy ko iyung hininga niya. Grabe ang bango. Amoy menthol. Hindi katulad nung mga lalaki sa probinsya. Amoy katol ang hininga.

"Sir, wala pa po." may sumagot na isang babae.

"Okay. Thanks." sagot ni Elton saka tumingin sa akin. "Bobita." sabi niya saka tumalikod na at bumalik sa may inuupuan niya.

Kinilig naman ako sa sinabi niya. Sinabihan na naman niya akong ang ganda ko. Bobita is prettyness. Ito talagang si San Goku may pagnanasa sa akin. Hindi pa sabihin, 'e. Hindi ko naman ipagkakalat.

Isinarado ko na ang pintuan saka pumunta sa may upuan at umupo. Wala akong magawa. Naboboring ako. Ano bang gagawin ko dito sa opisina ni Elton? Tititigan siya habang nag ta-trabaho siya? Pwede naman, 'e. Kung naka-boxer lang sana siya. Kaso bihis na bihis siya ngayon kaya nakakatamad.

Habang nakatunganga biglang bumukas 'yung malaking flat screen TV na nasa harapan namin ni Elton. Bigla akong napangiti nang makita ko si Jonas sa screen. Mukhang nasa loob siya ng kotse niya.

"Hi, Althea." pagbati ni Jonas sa akin.

"Wow! Nakikita mo ako, Baby Suman—este Jonas?" gulat kong sagot.

"Oo." Nakangiti niyang tugon.

"Ang ganda ko ba sa TV?" tuwang-tuwa kong tanong.

"Yap!" tumango si Jonas "Ang ganda—" biglang namatay 'yung TV.

"Elton, nawala si Jonas. Namatay 'yung TV!!" pagrereklamo ko.

"Pinatay ko 'yung TV. Hindi ako makapag-concentrate sa trabaho. Ang ingay niyo." aburido niyang sagot.

"Grabe ka naman. Edi sana 'dun ka sa banyo nag trabaho. Walang gugulo sa'yo." padabog akong umupo.

Maya-maya pa biglang bumukas ulit 'yung TV. Andun ulit si Jonas.

"Jonas!!" napasigaw na naman ako.

"Dude, ba't naman pinatay mo 'yung screen? May sasabihin lang ako. On my way na ako sa Herrera Merchandise." pagsasalita ni Jonas sa screen.

Habang nakatingin ako kay Jonas sa TV todo pa-cute ang ginagawa ko. Nag beautiful eyes ako ng ilang beses at nag-aayos ng buhok. Para gandang-ganda sa akin si Jonas.

"Ano 'yun?" seryosong sagot ni Elton. "Bilisan mo. Marami akong trabaho."

"Kapag natapos ko 'tong trabaho ko ngayon, sa akin sasabay si Althea, ah? Ako na bahala maghatid sa kanya mamayang gabi." sabi ni Jonas sa TV. "Kakain kami sa labas."

"Woaaah!" masiglang sagot ko saka napatingin kay Elton. "Mag di-date kami ni Jonas, Elton. Pumayag ka—"

"NO." panunupalpal ni Elton. "Tatawag mamaya si Lolo. Kakausapin si Althea. Magagalit 'yun kapag wala si Althea sa mansion."

"Maaga rin kaming uuwe. Before 9pm nahatid ko na siya, dude." pagpupumilit ni Jonas. "Sige na, dude."

"I said no." pagmumura ni Elton. "Get back to work, Jonas."

"E, bukas nalang. Tutal Sunday bukas, 'di ba?" sabi ulit ni Jonas.

Napatingin si Elton sa akin habang nagpapa-cute ako sa kanya para sana pumayag siya.

Napangisi si Elton, "Gusto mo bang sumama sa kanya, Promdi Girl?"

"Oo. Gusto ko payagan mo na ako. Please, Elton." ngumuso ako.

Nanatiling nakangisi si Elton saka bigla itong nawala, "NO." sabi niya ulit. "Hindi pwede bukas si Promdi Girl."

"Why?"

"Bakit?"

Sabay na sagot namin ni Jonas.

Ngumisi ulit si Elton, "Because we have a date, Promdi Girl. Hindi mo ba naaalala?"

"Minumura mo ba ako?" sagot ko "Saka anong 'di ko naaalala?"

Kumunot ang noo ni Elton, "Bobo. May date tayo bukas." sagot niya saka tumingin kay Jonas sa TV. "Narinig mo 'yun, bro? So get back to work. Goodbye." saka na muling namatay 'yung TV.

Kahit namatay na 'yung TV nakatitig pa rin ako kay Elton. Hindi ako makapaniwala sa sinabi niya.

"Bakit ka ganyan makatingin?"

"May date tayo?" kinakabahan kong tanong. "Baka mabuntis mo ko, Elton. Natatakot ako." pagsasalita ko na naging dahilan ng paghulog ni Elton sa kinauupuan niya.

==========

Chapter 21

Kaninong team kayo? #ElThea #JonThea #KlyThea o baka naman #AltheaFoeverAlone? HAHAEnjoy reading! 'Wag kalimutang mag comment and vote! Thanks, students!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 21.

Hindi ko talaga alam kung dapat ba akong maging masaya o matakot sa pagbabago ng pakikitungo sa akin ni Elton. Ibang-iba na kasi siya mula noong unang araw na dumating ako sa mansion ng mga falcon. Mas sanay kasi ako na magaspang ang pakikitungo niya sa akin kaysa mabait, 'e. Parang hindi na siya si Elton Alexander Guevarra Falcon na may matambok na pwetan kung mabait siya sa akin.

Kung noong una kasi palagi niya akong iniirapan kahit na magkakasalubong lang kami ng tingin, ngayon naman hindi na. Sa bawat tingin na ginagawa ko sa kanya parang gusto niya nalang akong ibaon sa kinatatayuan ko. Ang laking pagbabago, 'di ba? Teka, meron pa. Kung noong una rin pati paghinga ko kinakabwisit niya, ngayon hindi na. Parang gusto niya nalang akong ihampas sa pader hanggang sa maglabasan ang dugo't utak ko sa ulo—JOKENESS. Wala pala akong brain katulad ng sabi niya.

Wala man akong brain, at leastness, bobita ako katulad ulit ng sabi niya. Ang mga bobita raw ay magaganda. Nagagandahan si Elton sa akin kaya palagi niya akong sinasabihan na bobita ako. Etong Elton na talaga 'to hindi pa diretsuhin na 'Althea, ang prettyness mo.Pakiss nga bhe.' Pero kers lang naman. Kung si Elton ba magsasabi na bobita ako araw-araw mag-iinarte pa ba ang ma'am niyo?

Pero ngayong araw ko talaga napansin ang malaking pagbabago ng pakikitungo ni Elton sa akin. Katulad nalang 'nung sabay kaming kumain ng lunch kanina na hindi naman niya ginagawa dati. Nag pa-order siya 'dun kay Maxinejiji ng masarap na pagkain pagkatapos dito kami sa office niya kumain ng sabay na parang closeness friendness foreverness and everness kaming dalawa.

Hindi man kami sa isang mamahaling kainan kumain ayos lang sa akin. Mapagmasdan ko lang si Elton na sumusubo ng pagkain kinikilig na ang mga malalanding organs ko sa katawan. Ewan ko ba kung bakit sila kinikilig 'e kumakain lang naman si Elton.

Natigil lang 'yung pagtitig ko sa kanya habang kumakain nang mahuli niya ako at sinigawan. Mukha raw akong timang dahil tumutulo raw ang laway ko habang nakatingin sa kanya. Sabihin ko nga sana na 'Sa sobrang sarap mo panoorin kumain tumulo tuloy ang laway ko.' Kaso nang makita ko 'yung hawak niyang tinidor hindi ko na sinabi.

Baka isaksak niya kasi 'yun sa lalamunan ko.

Tapos sinabi niya pa kay Jonas kanina na hindi raw ako maaaring sumama kay baby suman dahil may date kaming dalawa. Hindi ko alam kung nagsasabi ba siya ng totoo o sinabi niya lang iyun para hindi ako makasama kay Jonas. Pero bakit naman niya gagawin 'yun? Ayaw niya ba akong maging masaya? Ayaw niya ba akong makahanap ng kalandian? Gusto niya ba siya lang may kalandian na may pangalang Caithlyn Jenner?

Napapaisip tuloy ako. Gusto kong ma-exciteness sa date namin para kung bukas pero nakakatamad, 'e. Baka kasi ma-expectness lang ako sa wala. Alam niyo naman ang ibang lalaki mga paasa. Mahilig magsabi ng mga pangako na hindi naman tutuparin. Eto namang kaming mga gaga naniniwala agad. Hays. Sana naman hindi kasali si Elton sa organisasyon ng mga paasa. Masyado na kasi silang maraming members.

Napabuntong hininga ako at sinulyapan si Elton sa may desk niya habang seryosong nag ta-trabaho. Alas-otcho na ng gabi pero andito pa rin kami sa kumpanya nila at hindi umuuwi. Katatapos lang din namin kumain ng hapunan dalawa. Nakaupo lang ako rito sa gilid at nananahimik. Ayokong guluhin si Elton dahil baka itulak niya ako 'dun sa may bintana. Ang taas pa naman ng kinakalugaran namin.

Tumayo ako saka nag tungo sa may malaking bintana na gawa sa salamin. Kitang-kita ko mula rito ang malaking siyudad ng Manila. Ang ganda ng tanawin dahil puro ilaw lamang ang makikita mo sa ibaba nito. Isa talaga ang Manila sa lugar na nais kong puntahan noong bata palang ako. Kaya malaki ang pasasalamat ko kay Lolo Andres nang papuntahin niya ako rito.

"Promdi Girl, tara na. Uuwi na tayo."

Narinig kong nagsalita si Elton kaya napatingin ako sa likuran ko. Nakapatay na iyung computer niya habang nakatayo siya at hinihilot ang batok niya na nangalay siguro. Pati paghilot niya sa sarili niya ang sexyness niyang tignan. Napaisip tuloy ako na kung sexyness din ba siya maligo? Hubu't hubad ba siya maligo o naka-barong? Mwahahaha—ay bakit tumatawa ako? Dapat malungkot ako ngayon.

"Bakit ang tahimik mo? Kanina ka pa walang kibo. Hindi ka nagsasalita," kunot-noong tanong ni Elton habang nakatingin sa akin. "May masakit ba sa'yo?"

Tumango ako, "Ang sakit ng puso ko." malungkot kong sagot saka itinuro pa ang puso ko. "Kaya mo bang gamutin ang sakit ng puso ko?"

"E, kung ihulog kaya kita diyan sa bintana? Para matapos na 'yang sakit mo sa puso?" pagbabanta niya.

"Eto naman nagbibiro lang, 'e. Jokeness lang. Grabe ka talaga." pagbawi ko. "Saka, ano bang problema mo kung nananahimik ako at hindi ako nagsasalita? Nababawasan ba katambukan ng pwetan mo?"

"Baliw na baliw ka talaga sa pwetan ko, 'no? Inaano ka ba ng pwet ko, ha?" tanong

niya "Nagtataka lang ako kung bakit ka tahimik 'e maingay ka kaya. 'Yang bibig mo parang armalite, 'e. Walang tigil kaka-ratatatatatat."

"E, sabi mo, 'di ba, manahimik lang ako? Ngayong tahimik ako itatanong mo kung bakit tahimik ako. Ang gulo mo rin, 'e. May sayad ka ba?" napasimangot ako "Wag mo nga ako kausapin. Nawiwili ka na kakakausap sa tulad kong snob sa personal, 'e." sabi ko saka napairap.

Pinagmasdan lang ako ni Elton na parang gandang-ganda siya sa akin ngayon—joke. Tinignan niya lang ako na parang sinusuri niya ba ako kung may masakit sa akin at nananahimik ako. Ano bang problema niya kung tahimik ako? 'Di ba gusto niyang 'di ko siya ginugulo? Ngayong hindi ko siya ginugulo at tahimik lang ako sa isang gilid nagtataka siya. Siya magulo diyan, 'e. Kurutin ko pwetan niya diyan.

"Ano ba, Promdi Girl? Magsalita ka nga." naiirita na si Elton.

Napataas naman ang kilay ko, "Wala akong sasabihin. Ayokong magsalita."

"Kahit ano. Kahit anong sabihin mo basta magsalita ka lang. Kahit kabobohan." pagpupumilit niya "Hindi ako sanay na tahimik ka, 'e. Bilisan mo na."

"Ayoko." matigas kong sagot.

"Ayaw mo talaga?" seryoso niyang tanong.

"Ayaw." seryoso ko ring sagot. Nag cross-armness pa ako. "Ayoko talagang magsalita."

"Ipapakita ko sa'yo ang pwetan ko kapag nagsalita ka ulit." sabi ni Elton saka niya hinawakan ang belt sa pantalon niya na parang tatanggalin na niya ito.

Aba, ang kapal lang, pleaseness. Akala niya mapagsasalita niya ako kahit ipakita niya ang matambok niyang pwetan sa akin? Anong tingin niya sa akin fan ng pwetan niya? Anong akala niya deds na deds ako at desperada na makita ko ang pwetan. Nakita ko na kaya 'yun. Pero mabilis lang. Pero kahit na ba. Hindi ako magsasalita kahit na maghubad pa siya sa harapan ko.

"Alam mo ba, Elton, noong nasa probinsya pa ako kapag ganiton gabi na nanghuhuli kami ng mga alitaptap sa bukid. Alam mo 'yung alitaptap? 'Yun iyung insekto na umiilaw 'yung pwetan. Manghuhuli kami 'nun ng marami tapos ilalagay sa garapon." sunod-sunod na pagsasalita. "Tapos minsan naman manghuhuli ako ng palaka tapos ihahagis ko 'yun sa banyo namin habang naliligo si Lolo Philip ko. Mapapalabas siya ng banyo saka ako hahabulin ng tungkod niya."

Napatitig si Elton sa akin saka siya natawa sa mga sinabi ko, "Hahaha. Grabe ka, Promdi Girl. Ibang-iba mga kalokohan mo. May sayad ka talaga, 'no?" sabi niya habang ngiting-ngiti pa.

Gusto ko rin sana makisabay sa pagtawa sa kanya pero iba ang naramdaman ko nang dahil sa mga alaala kong ibinahagi sa kanya. Bigla akong nalungkot. Bigla kong na-miss 'yung probinsyang pinanggalingan ko. Bigla kong na-miss iyung mga kaplastikan kong kaibigan na palagi kong kasama sa bukid. At higit sa lahat bigla kong na-miss si Lolo Philip ko. Gusto ko ulit makita si Lolo Philip pero imposible na ito.

Napatigil sa pagtawa si Elton, "Oh. Bakit natahimik ka diyan?"

Umiling ako saka matipid na ngumiti, "Wala lang. Nami-miss ko lang ang probinsya at ang Lolo ko."

"Bakit hindi mo siya dalawin sa probinsya niyo para 'di mo siya ma-miss?" tanong ni Elton. "Ayaw mong umuwi kasi may pakay ka rito, 'no?"

"Ang dami mong tanong. Quiz bee ba 'to?" napairap ako "Tara na. Uwi na tayo. Dami mong talkness."

Ayoko ng sagutin 'yung mga tanong ni Elton dahil lalo ko lang mami-miss ang probinsya at lalong lalo na si Lolo Philip ko. Bakit raw hindi ko dalawin si Lolo sa probinsya? Malungkot akong napangiti sa sarili ko. Kahit naman bumalik ako sa probinsya wala na ring saysay. Wala na naman si Lolo Philip ko 'dun dahil pumanaw na siya. Hindi ko na makikita ang apat niyang ngipin na puro bagang pa kahit umuwi ako.

Nauna na akong naglakad at lumabas ng pintuan. Naramdaman ko naman na nakasunod si Elton sa akin sa likuran ko. Paglabas ko ng pinto naabutan kong wala ng mga empleyado. Gabi na kasi kaya kanina pa sila umuwi. Patuloy lang ako sa paglalakad hanggang sa makarating ako sa tapat ng kulay ginto na elevator na private use lang para kay Elton.

Pinindot ni Elton 'yung button saka ito bumukas. Nauna akong pumasok sa loob sunod naman siya. Habang nasa loob kaming dalawa ng elevator tahimik lang kaming dalawa. Hindi ako nagsasalita. Nakatuon lang ang pansin ko sa harapan ko habang ramdam na ramdam ko ang titig ni Elton sa akin. Narinig ko rin siyang humugot ng malalim na buntong hininga.

"You know, Promdi Girl? It's so unusual that you're this behave." pagmumura ni Elton. Hindi ko alam kung ako ba ang minumura niya since narinig kong binanggit niya 'yung Promdi Girl na itinatawag niya sa akin palagi. "I don't know what happened but you are not like that earlier."

"Punyemas na San Goku 'to. Nananahimik na nga ako minumura pa ako. Babayagan ko 'to." bulong ko sa sarili ko. "Isa pang mura mo. Magkakaluslos ka talaga nang dahil sa akin."

"Hindi kita minumura," muling pagsasalita ni Elton. "Nagtataka lang talaga ako kung bakit ka tahimik. Napagod ka ba sa trabaho mo?"

Sinulyapan ko si Elton, "Ginagago mo ba 'ko? Anong napagod ka diyan? E, wala nga akong ginawa maghapon kundi titigan ka lang." napangisi bigla si Elton. "Wag kang ngumisi. Para kang asong kakatayin at gagawing pulutan."

"Ayaw mo 'yun? Hindi ka na nga napagod napagmasdan mo pa maghapon 'tong gwapo kong mukha?" sagot niya habang nakangisi pa rin. Nakahawak pa siya sa baba niya. "Gwapong-gwapo ka kaya sa akin."

"Baka gagong-gago." tugon "Gagong-gago ka kaya sa paningin ko."

"Gagong-gago? Pero pumayag ka naman na papakasalan mo ko. Tsk." nakangisi pa rin ang bwisit.

"Duhness? Anong pakasalan ka diyan? Haller. 'Di ba ang usapan natin hindi matutuloy ang kasal dahil gagawa ka ng paraan at sasabihin mo kay Lolo A na may iba kang mahal?"

Napatigil sa pag ngisi si Elton, "Tama." sagot niya na nag dulot ng kirot sa puso ko sa 'di ko alam na dahilan. Parang gusto ring lumabas ng luha ko sa mga mata ko pero tinatamad sila. Hindi raw sila handa.

"Kaya sana habang maaga pa sabihin mo na agad kay Lolo A." saad ko pa "Kasi kung hindi mo pa sasabihin ng maaga. . ."

"Ano?"

"Gagabihin ka at tiyak tulog na 'yun."

Natawa si Elton, "Adik. Haha."sabi niya "Hindi ka talaga makausap ng matino."

"Kasi kung hindi mo pa sasabihin ng maaga baka umasa ako sa ideyang maaari pa rin kitang pakasalan kahit may iba ka namang mahal," bulong ko sa sarili ko.

"May sinasabi ka ba?"

Umiling ako, "Wala powsssxxzzz, San Goku."

Natahimik ulit kaming dalawa ni Elton habang hinihintay na dumating ang elevator sa ground floor. Bakit parang ang tagal ng pagbaba nito ngayon? Hindi ko naman nararamdaman na gumagalaw ang elevator, 'e. Parang kanina pa ito nakatigil pero hindi naman bumubukas ang pintuan. Nasa ibaba na ba kami?

Unti-unti akong lumayo kay Elton. Nasa gilid na ako ngayon at halos dumikit na ang

mukha ko sa may dingding. Baka kasi kung hindi ako lumayo sa kanya marinig niya kung gaano kalakas ang pag pintig ng puso ko ngayon.

"Alam mo ba naiinis ako sa'yo kapag ang ingay-ingay ng bibig mo. 'Yung salita ka ng salita na parang walang katapusan at kahit wala namang sense 'yung sinasabi mo," pagbasag muli ni Elton ng katahimikan "Mula nang dumating ka sa mansion araw-araw kita nakikitang nagsasalita. Walang tigil 'yung bibig mo sa pagsasalita. Kulang nalang ata pati mga halaman at alikabok kausapin mo na rin."

"So, anong pinapalabas mo? Ang daldal ko? Ganon ba?" taas kilay kong sagot.

"Yes. Ang daldal mo. Taratitat ka. Maingay. Armalite ang bibig," tumingin sa akin si Elton saka ngumiti "Nakakainis ka dahil ang daldal mo. Pero mas nakakainis ka pala kapag tahimik ka at hindi nagsasalita. Ewan ko ba. Dapat masaya ako kasi hindi ka na maingay pero hindi at tahimik na ang paligid. Pero mas naiinis ako kapag hindi ka nagsasalita. Naiinis ako kapag 'di ko naririnig ang boses mo. Kaya bumalik ka nalang sa pagiging maingay mo. Magsalita ka nalang ng magsalita. Mas masaya ka kasing tignan kapag maingay ka."

Bahagya akong napatitig kay Elton nang dahil sa sinabi niya. Ramdam na ramdam ko 'yung pagtibok ng puso ko na halos umakyat na sa lalamunan ko dahil sa sobrang lakas ng tibok. Dapat mainis ako dahil para kay Elton ang daldal kong tao pero bakit kinilig pa ang katawang lupa ko? Mas gusto niya pa raw marinig ang boses ko kaysa manahimik lang ako. Ibigsabihin ba nito mahal na niya ako?

"Stopness," pagpapatigil ko kay Elton. "Wag kang magsalita ng ganyan."

Napakunot ang noo ni Elton, "Bakit naman?"

"Kinikilig ang boobs ko. Hawakan mo at mararamdaman mong kinikilig silang dalawa."

Nandidiring napatingin si Elton sa akin, "I change my mind." pagmumura niya "Mas maganda palang manahimik ka nalang."

"Ay, hindi. Sabi mo mas gusto mong maingay ako, 'e. May pa-' Naiinis ako kapag 'di ko naririnig ang boses mo.' ka pang nalalaman diyan. Gustong-gusto mo lang pala naririnig ang boses ko. Baka sa sunod niya didiretsuhin mo ng sabihin na ang ganda-ganda ko sa paningin mo," sabi ko "Sabihin mo na ngayon habang maaga pa kasi mamaya tulog na ako."

"No. Manahimik ka. Mas masaya pala ang mundo ko kapag tahimik ka."

"Ayoko. Mag-iingay ulit ako," natatawa kong sagot "Sabi mo pa 'mas naiinis ako kapag hindi ka nagsasalita'. Ayiiiiihhhhhh, ang Elton na 'to. Crushness ang boses ko. Ako ba hindi mo crushness?"

"Mandiri ka nga sa mga sinasabi mo, Promdi Girl." biglang namula ang mukha ni

Elton.

"Ba't ako mandidiri? Crushness mo ako, 'no? Naks. Ang Elton Alexander crushness ako." pangangasar ko sa kanya. "Ay, maiba pala ako." pag-iiba ko ng usapan. "Ang sabi mo kanina kapag nag-ingay ulit ako ipapakita mo sa akin 'yang matambok mong pwetan. Ipakita mo na ngayon."

"Wala akong sinabi." napairap si Elton.

"Meron. 'Wag kang madaya. Ipakita mo na. 'Wag kang paasa."

"Hindi ako paasa. Wala akong sinabi na ganun. Wag kang hunghang."

"May sinabi ka. 'Wag kang madaya. Magagalit 'yung mga students ko kapag 'di mo pinakita sa akin ang pwetan mo." pagpupumilit ko. "Bilisan mo na, Elton. Habang 'di pa bumubukas ang elevator."

Biglang napangisi si Elton saka may nilabas siyang maliit na remote sa bulsa niya. May pinindot siya rito kaya biglang bumukas ang pintuan ng elevator. Napanganga tuloy ako.

"Paano ba 'yan? Bumukas na ang elevator. Hindi ko pwedeng ipakita." sabi niya habang nakangisi. Napailing-iling siyang lumabas ng elevator at iniwan akong nakanganga ang bibig.

Napaisip tuloy ako bigla. Kanina pa pala kami andito sa ground floor pero 'di man lang bumubukas ang pintuan ng elevator. Kung hindi niya pa pipindutin 'yung kung ano mang remote 'yun hindi ito bubukas. Ibigsabihin gusto niya lang kaming dalawa na makapag-usap? Gusto niya lang muling marinig ang boses ko? Gusto niya lang ulit ako mag-ingay? Kinilig na naman ang boobs—este puso ko. Mahal na ba ako ni Elton? Mwahahaha.

"Hoy, Elton! Sandali lang. Hintayin mo ako!!" masayang sigaw ko saka patakbong lumabas ng elevator.

Napatingin sa akin 'yung mga natitirang tao sa may lobby dahil sa isinigaw ko. Marahil nagtataka sila dahil sinigawan ko lang ang boss nila. Napatigil si Elton sa paglalakad saka humarap sa akin. Akala ko magagalit siya dahil sinabi niyang wag ko siyang kakausapin kapag may ibang tao pero nagkamali ako. Hindi siya nagalit. Paglingon niya sa akin nakangisi pa siya. Parang wala lang sa kanya na isinigaw ko ang pangalan niya at narinig ito ng ibang tao.

"Bilisan mo, Promdi Girl." senyas niya sa akin habang nakangisi pa rin.

Mas lalo kong binilisan ang pagtakbo ko para makahabol kay Elton na palabas na ng kumpanya. Nakangiti ako habang tumatakbo at hindi pinansin 'yung mga gulat na gumuhit sa mukha 'nung mga empleyado. Sabi nga ni Elton ang sinasabi niya lang ang

intindihin ko at 'wag iyung mga sinasabi ng mga tao sa paligid namin.

Nang nasa parking lot na kaming dalawa hingal na hingal ako. Agad binuksan ni Elton 'yung pintuan ng sasakyan niya saka ito sumakay. Bumusina pa siya sa harap ko kaya sumakay na rin ako. Baka kasi sagasaan niya ako 'edi nagkalat ang utak ko sa kalye—jokeness, wala palang kakalat. Wala naman akong utak. Mwahahaha.

Pagsakay ko sa sasakyan ni Elton na gawa sa gagamba agad na siyang pumosisyon sa gilid ko at saka ako hinalikan ng mariin at mapusok—jokeness lang ulit, ikinabit niya lang 'yung seatbelt sa akin katulad ng palagi niyang ginagawa. Siyempre hindi nakaligtas sa ilong ko na singhutin 'yung amoy ng katawan niya. Kahit gabi na freshness pa rin ang amoy ng katawan ni Elton. Naghalong pawis at pabango ang naamoy ko pero hindi ito nakakadiri. Mas lalo pang nagging sexyness si Elton dahil sa amoy ng katawan niya.

Habang nag mamaneho si Elton nagsalita ako.

"San Goku." pagtawag ko sa kanya.

"Yeap?" sagot niya na 'di man lang ako tinatapunan ng tingin. Abala kasi siya sa kalsadang binabaybay namin. "Teka nga. Ba't ba San Goku pa rin ang tawag mo sa akin? Ayos ng Elton, 'e."

"Dahil nga kasi diyan sa buhok mo." sagot ko.

"Pangit ba?"

Umiling ako, "Hindi. Bagay naman sa'yo. Mas gwapo ka lang sigurong tignan kapag kulay itim 'yung buhok mo."

May ngiti na sumilay sa labi ni Elton, "Deal kasi namin ito ni Jonas dati. Nung nagkaroon ng basketball league sa kumpanya. Ang usapan kung kaninong team ang matatalo susundin ang utos ng captain. E, natalo kami. Kaya ang pinagawa sa akin ni Jonas magpakulay daw ako ng blonde."

"Matagal nap ala nangyari 'yun. Bakit 'di mo pa ibalik sa dati kulay ng buhok mo?"

Napalitan ng malungkot na ngiti 'yung labi ni Elton, "Nung nakita kasi ni Mommy 'tong buhok ko tuwang-tuwa siya. Ang sabi niya para raw akong Americano dahil sa buhok ko. Hanggang ngayon nga kapag pinipikit ko ang mga mata ko naririnig ko pa rin 'yung tawa niya. Natatakot kasi ako na kapag ibinalik ko sa dati kulay ang buhok ko mabubura sa isipan ko 'yung boses ni Mommy habang tumatawa siya."

Napalitan ng malungkot na hangin 'yung nararamdaman ko nang dahil sa history kung bakit naging blonde ang buhok ni Elton. Bigla rin akong na-guilty dahil 'dun. Akala ko trip niya lang kung bakit siya nagpakulay pero hindi pala. May rason pala kaya hanggang ngayon blonde pa rin ang buhok niya. Si Mommy niya pala ang pangunahing

rason kung bakit ganyan ang buhok niya.

"Sorry," sabi ko "Hindi ko alam na ganun pala. Sana sinabi mo agad sa akin para 'di ko pinagtitripan 'yang buhok mo."

Natawa si Elton, "Ayos lang. Saka pinag-iisipan ko na rin naman na ibalik sa dati kulay ng buhok ko."

"Pero alam mo?"

"Hindi pa." mabilis na sagot ni Elton.

"Malamang. Sasabihin ko palang, 'e. Gagu ba u?"

Natawa na naman si Elton. Infairness, ah. Palagi ng natatawa si Elton ngayong araw.

"Sabihin mo na." sabi niya. "Nakikinig ako."

"Hindi naman nawawala 'yung mga alaala sa atin ng mga taong mahal natin sa buhay. Alam mo bang mas matindi umalala ang puso ng tao kaysa sa utak niya? Kahit makalimutan mo 'yung alaala mo kung paano tumawa ang Mommy mo, sigurado akong tutulungan ang utak mo ng puso mo para muli itong maalala." paghugot ko. "Naniniwala kasi ako sa kasabihang 'Keep your friends close and Aling Bebang's store is now open.' Gets mo? English 'yun. Baka mahirapan kang intindihin."

"Nahirapan nga akong intindihin. Anong tagalog?"

Napairap ako, "Bobong Elton 'to. Basicness na english 'di makaintindi." bulong ko sa sarili ko "In tagalong, hindi madaling mawala ang alala. Nawawala lang ito kapag mas pinili mong kalimutan. Gets na? Bobo ng lalaking 'to. Nakakapag-init ng ulo."

"Ay, ganun ba 'yun? Ang talino mo talaga." bilib na bilib na sabi ni Elton. "Bobita ka talaga."

"Alam ko. Top 2 at Top 10 kaya ako." sagot ko "At tama ka. Bobita ako. Hehehe."

"Samahan mo pala ako ngayon. May pupuntahan tayo bago umuwi sa mansion."

"Saan?" sabi ko saka napayakap sa katawan ko. "Sa Motel?" kinabahan kong sagot "Wag 'di pa ako ready. Pero kung mapilit ka. Let's go na."

"Baliw. Motel ka diyan. Mag-isa ka pumunta 'dun."

"E, saan pala?" napanguso pa ako.

"Sa salon. Magpapakulay ako ng buhok." sabi niya habang nakangisi.

Siyempre, may magagawa ba ako? Makakatanggi ba ako? Kung tumanggi ako 'edi mag-isa akong uuwi ng mansion ngayon? Dahil wala namang magagawa ang pretty na gaya ko sinamahan ko na si Elton sa isang mamahaling salon na nadaanan namin. Nag park agad siya ng sasakyan at lumabas na kami ng kotse niya.

Pag pasok namin sa loob ng salon napatingin kay Elton 'yung mga babaeng nag a-assist sa mga customers. Pati nga 'yung iba pang mga babae na customer napatingin at napanganga kay Elton. Malalantong na mga 'to. Masunog sana iyang mga buhok niyo kakasulyap niyo kay Elton.

May lumapit na isang babae sa amin, "Hi, sir. Goodevening."

"Magpapakulay ako ng buhok." seryosong pagsasalita ni Elton.

"This way, sir." pagmumura nung babaeng lumapit.

"Teka, saan ako?"

"Ay 'yung katulong po diyan nalang sa waiting area maghintay."

"Sinong tinatawag mong katulong? Oy, te. 'Di ako katulong. Elton, katulong daw ako, 'o. Masasampal ko 'tong babae na 'to. Ilayo mo 'to sakin." nag-iinit ang ulo ko.

Natawa lang si Elton, "Hindi siya katulong, Miss. Actually she's my—"

"Janitress ako." pagsasalita ko "Ang mga janitress. Saan pwedeng maghintay?"

"Ay, 'dun po rin sa waiting area."

"Kthnxbye." sabi ko saka umirap kay ateng tumawag sa akin ng katulong.

Agad akong naglakad sa tinuro 'nung babae na pwede kong upuan. Padabog akong umupo saka tumingin kay Elton. Ang pisting yawa nakangisi sa akin bago tumalikod at umupo 'run sa upuan pang customer. Napamura nalang ako sa kawalan dahil sa bwisit. Tinawag ba naman akong katulong? Mukha ba akong katulong? Janitress ako! Janitress!

Lumipas na ang ilang minuto at tingin ko mag-iisang oras na akong naghihintay kay Elton pero hindi pa rin siya tapos. Humiga na nga ako lahat-lahat rito sa mga upuan pero 'di pa rin natatapos si Elton sa pagkakakulay. Pumipikit na rin ang mga mata ko sa antok. Tutulog muna ako.

"Promdi Girl." may tumapik sa braso ko. "Hoy! Gumising ka diyan. Tumutulo laway mo."

Agad akong nagising nang marinig kong tumutulo raw ang laway ko. Agad ko itong pinunasan at antok na antok na idinilat ang mga mata. Napalinga-linga ako sa paligid ko at napansin kong may lalaking nakaharap sa akin. Pag tingala ko nanlaki ang mga mata ko't muling tumulo 'yung laway ko.

"Hoy! 'Yung laway mo tumutulo na naman." pagsasalita ni Elton.

Tinuro-turo ko ang mukha ni Elton. "Jusko. . .Totoong tao ka ba? Tao ka ba talaga? Bakit mas gwapo ka kapag itim ang buhok mo?" gulantang kong sagot sa kanya habang nanlalaki pa ang mga mata ko.

"Ang gwapo-gwapo mo, Elton. Grabe ka. Hindi ko kinaya 'yang itchura mo. Mahihimatay ako. Ahhhh. Mahihimatay ako. In 3, 2,1. Ito na.." huli kong sinabi saka na ako nawalan ng malay dahil 'di ko talaga kinaya ang kakisigang taglay ni Elton Alexander Guevarra Falcon sa kulay itim niyang buhok.

==========

Chapter 22

Nababawasan na 'yung comment niyo, students. Comment and vote para manalo si Althea sa contest! :DD

Kumusta pala ang new cover ng kwento ni bobita? Ayos lang ba o mas maganda iyung dati? Let me know.

ENJOY READING! #ThatPromdiGirl

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 22.

Kanina pa kaming dalawa ni Elton magkahawak ng mga kamay. Sa lahat ng pinupuntahan naming lugar hindi niya binibitawan ang kamay ko. Hawak niya lang ito ng mahigpit na inakala niyang kayamanan. Parang natatakot siyang pakawalan ang kamay ko dahil alam niyang maraming lalaki ang gustong humawak sa malambot kong palad at mga daliri. Parang, para sa kanya, itong kamay ko na ito na ang gusto niyang hawakan sa tanang buhay niya at habang nabubuhay siya sa earthness.

Ang dami na naming napuntahan na lugar na magaganda. Iba't ibang tanawin na parehas namin na-enjoyness. Hindi maalis ang ngiti ko sa labi dahil tinotoo nga ni Elton ang date naming dalawa. Ang sweetness at romanticness ng mga napuntahan naming dalawa. Para kaming totoong coupleness. O, baka naman coupleness na talaga? Itong si Elton hindi man lang ako niligawan. Akala niya siguro easyness to getness ako,

'no? Pero hayaan na nga. Elton Alexander na iyan magmamaganda pa ba ako?

Inabot na kaming dalawa ng hapon na magkasama. Papalubog na ang araw. Kulay orangeness na ito at humahalo sa ganda ng karagatan. Nasa may beach kaming dalawa ngayon at naglalakad sa may buhangin habang magkawak pa rin ang mga kamay. Ang payapa ng paligid. Tanging presenya lang namin ang nararamdaman namin. Masyado na ring malamig ang hangin.

Napahinto si Elton sa paglalakad at napatingin sa akin, "Nilalamig ka?" nag-aalala niyang tanong.

Tumango ako saka nagpa-cuteness at ngumuso, "Opo, bebe Elton. Nilalamig ako. Huhuhu."pag iinarte kong sagot. Isa rin iyang sagot na iyan sa itunuro sa amin sa PABEBE elem noon.

"Sandali lang." sagot ni Elton saka binawi ang kamay niya.

Tinanggal niya 'yung suot niyang jacket kaya ang natitira niya nalang ngayon na suot ay kulay itim na shirt na hapit sa katawan niya. Bakat na bakat tuloy sa suot niyang shirt 'yung maskulado niyang katawan.

Akala ko kung anong gagawin ni Elton pero bigla niya lang isinuot iyung jacket niyang hinubad sa akin. Ang comfortableness sa katawan ng jacket ni Elton. Ang init sa pakiramdam. Parang yinayakap ako ni Elton nang dahil sa jacket niyang ito na nakabalot sa akin. Kinilig ang boobs—este ang puso kong birhen sa ginawang ka-sweetness ni Elton.

"Okay na?" nakangiting pagsasalita ni Elton. "Hindi ka na nilalamig?"

Umiling ako, "Hindi na." sagot ko pero nakanguso pa rin. "Kamay ko nalang ang nilalamig."

"Aww," saad ni Elton saka hinawakan ang dalawa kong kamay saka ito hinimas ng paulit-ulit para uminit. Nang matapos niya itong himasin bigla niya itong hinalikan. Tumingin si Elton sa akin. "Hayan. Okay na?"

Napatango na ako, "Yesness. Hindi na ako nilalamig."

Todo titig si Elton sa akin habang nakangiti, "Good." sagot niya saka muling hinawakan ang kamay ko ng pagkahigpit-higpit. Nagpatuloy kaming dalawa sa paglalakad at ninanamnam ang ganda ng paligid.

Habang patuloy kaming naglalakad naramdaman ko na parang biglang kinabahan si Elton. 'Yung mukha niya biglang pinagpawisan. 'Yung kamay niya biglang nanginig. Hindi ko alam kung anong problema na kung bakit siya biglang hindi naging komportable. Naiinitan ba siya? Pero malamig naman ang paligid. Malamig ang simoy ng hangin. Para nga kaming nasa loob ng refrigerator dahil sa lamig.

"Bakit?" nag-aalala kong tanong ng huminto muli kami sa paglalakad. Nasa tapat kami ngayon ng araw na papalubog na. Parang binibigyan kami ng araw ng sapat na liwanag.

Tumingin si Elton sa akin at bakas na ang kaba sa kanyang mukha. Huminga siya ng malalim saka bahagyang lumayo sa akin at humarap. Kabadong-kabado na talaga ang itchura niya. Halatang kinakabahan siya sa kanyang gagawin na 'di ko naman alam kung ano.

Natatae ba siya o naiihi? Pwede naman siyang magsabi. Ako pa mismo maghuhugas ng matambok niyang pwetan. Kung naiihi naman siya pwede namang—jokeness. Umihi siya mag-isa. Malaki na naman siya, 'no. Alangang hawakan ko iyung ano niya. Ano siya hilo? Pilitin niya muna ako.

Napalunok muna si Elton bago nagsalita, "Listen very carefully. I only say this once." pagmumura niya sa akin. "Tsk. Tagalog na nga lang. Baka isipin mo minumura na naman kita, 'e." jokeness. Hindi niya pala ako minumura.

"Marunong naman akong umintindi ng english, 'no. Pero, sige. Tagalog nalang para 'di ka mahirapan." pagsang-ayon ko sa kanya. "Ayokong mahirapan ka sa pag e-english 'e 'di ka naman magaling."

Muling humugot ng malalim na buntong hininga si Elton saka biglang lumuhod sa buhanginan gamit ang kanan niyang tuhod. Bakit siya biglang lumuhod? Masakit ba tuhod niya?

"Althea Josefa Marinduque," napatitig si Elton sa akin. Kitang-kita ko 'yung sarili kong imahe sa kulay brown niyang mga mata. "Hindi ako sweet na tao. Hindi rin ako romantic o perfect guy. Hindi ako 'yung lalaking kaya kang pasayahin minu-minuto. Hindi ko rin maipapangakong hindi kita masasaktan."

Napatigil si Elton saka muling nagpatuloy, "Pero para sa'yo at sa abot ng makakaya ko magiging sweet ako. Magiging korni, romantic, o perfect guy ako para sa'yo. Lahat gagawin ko para mapasaya kita minu-minuto. Hindi ko maipapangakong 'di kita masasaktan pero maipapangako ko sa'yong sa bawat sakit na mararamdaman mo ay kasama mo ako't 'di kita iiwan. Sa bawat emosyon na mararamdaman mo'y hahatian kita. Kapag masaya ka magiging masaya rin ako. Kapag umiiyak ka mas iiyak ako. Kapag natatakot ka—matakot ka mag-isa mo," natawa si Elton. "Kapag natatakot ka isipin mo lang na nasa tabi mo ako at ako ang haharap sa kinakatakutan mo."

"Anong pinagsasabi mo?" naguguluhan kong sagot.

"Althea Josefa Marinduque, ako si Elton Alexander Falcon, hindi perpektong lalaki pero sisikapin kong maging perpekto sa paningin mo." muli niyang saad "Ako na si Elton Alexander Falcon na nakaluhod sa harapan mo at hinihingi ang iyong matamis na sagot. Ako si Elton Alexander Falcon na humihingi ng pahintulot para makasama ka sa pagbuo ng hinaharap ko kasama ka. Ako si Elton Alexander Falcon na humingi ng pahintulot na makasama ang isang babaeng tulad mo."

Napatakip ako ng bibig dahil sa baho—este dahil sa gulat sa sinabi ni Elton. Hindi ko inaakalang gagawin niya ito ngayon. Sana man lang nasabihan niya ako't para naman nakapaghanda ako. Gusto kong umiyak nang dahil sa mga sinabi niya pero day off ng mga luha ko kaya walang gustong lumabas sa kanila. Mabuti pa si Elton naluluhang nakatingin sa akin.

"Althea," muli niyang pagsasalita "Hahayaan mo ba akong makasama ka habang nabubuhay ako? Althea na Diyosa ng mga suman na Top 2 at Top 10 noon, papayagan mo ba akong pakasalan ka? Will you marry me, pretty na Althea?"

"Hindi mo naman kailangang lumuhod at mag speechness, 'no. Kahit ayain mo lang ako papayag naman ako." masayang tugon ko sa kanya. "Pero teka—nasaan ang singsing? 'Di ba dapat may singsing?"

Napangiti si Elton saka may nilabas na maliit na pahabang box sa bulsa niya. Hindi ata singsing ang laman nito kundi porselas. Bakit porselas? 'Di ba dapat singsing? Pero kers na. Hayaan nalang. Ang importante may ibibigay siya sa akin kaysa wala.

Inilahad ko ang kamay ko sa harapan niya, "Isinuot mo na 'yang porselas."

"Ha? Anong porselas?" naguguluhan niyang sagot. "Hindi naman porselas ang laman nito."

"E, ano?"

"Suman." sagot niya saka binuksan iyung box at may suman ngang nakalagay.

"Aanhin mo iyan?"

Napangisi si Elton, "Kakainin natin ng sabay hanggang sa maubos at magdikit ang mga labi natin."

"Ihhhhhhh. Daming arte. Pero sige." napahagikgik ako. "Go na."

Tumayo si Elton saka humarap sa akin. Ngayon nakatingala na ako sa kanya kasi nga mas matangkad siya sa akin. Inilagay niya iyung suman sa bibig niya saka ito itinapat sa bibig ko. Tumaas-taas ang kilay ni Elton na parang sinisenyas na game na. Nauna siyang kumagat sa suman kaya sumunod naman ako. Todo kagat ng bonggang-bongga ang ginawa ko hanggang sa malapit ng magdikit ang mga labi naming dalawa. Kaunting-kaunti nalang ang pagitan at magdidikit na talaga. Hayan na. Hayan na talaga. Mararamdaman ko na muli ang malambot na labi ni Elton. Ito na talaga. Hayaan na—

"Hoy, Promdi Girl." biglang may tumapik sa akin. "Hoy. Gumising ka diyan."

Napalakas na ang pag tapik sa braso ko kaya bigla kong iminulat ang mga mata ko't napatingin-tingin sa paligid. Napansin kong nasa kotse kami ngayon ni Elton habang nasa tapat na kami ng mansion ng mga falcon. Teka—paano kami napunta rito? E, kanina lang nasa may beach kaming dalawa habang naglalandian at kumakain ng suman.

Nag proposeness pa nga si Elton sa akin at sinabi niyang gusto niya akong pakasalan. Pero, subalit, datapwat, paano kami napunta rito? Anong kalokohan ang nangyari?

"Anong nangyari?" napatingin ako kay Elton. Kunot noo siyang nakatitig sa akin. "Kanina lang nasa beach tayong dalawa pero ngayon andito na tayo sa mansion. Paano?"

"Pinagsasabi mo? Nananaginip ka lang." sagot niya "Nahimatay ka kanina noong nasa salon tayo sa hindi ko alam na dahilan. Binuhat kita at isinakay dito sa kotse. Ang bigat mo. Mag diet ka nga."

Bigla naman akong kinilig sa sinabi niya, "Binuhat mo ako? 'Yung pangkasal na buhat ba?"

"Pangkasal ka diyan. Asa ka naman. 'Yung buhat sa isang kaban na bigas. Isinampay kita rito sa balikat ko. Ang bigat mo nga. Sumakit tuloy 'tong balikat ko." hinimas-himas niya pa 'yung balikat niya. "Ang bigat mo. Para kang 'yung alag mong si Vegeta."

"Majinbu pangalan niya. Vegeta ka diyan. Imbenta ka po."

"Majinbu, whatever. Parehas kayo. Parehas baboy."

Napataas ang kilay ko, "Grabe ka naman. Kung baboy ako ikaw naman aso. 'Yung asong ang buntot nasa noo!" inirapan ko siya saka ako napatigil dahil napansin kong itim na ang buhok ni Elton. "Teka nga. 'Yung buhok mo, Elton. Kulay itim na. Jusko ang pogi-pogi mo. Hala, Elton. Tao ka pa ba? Kakaiba iyang kakisigan mong taglay. Dapat kasuhan ka, 'e. Dapat maging illegalness ka dahil sa sobrang gwapo."

"Bobita ka talaga, 'no?" tumango ako sa sinabi niya "Hindi ba nagpakulay nga ako kanina?"

"Ay, oo nga pala. Bobita talaga ako." pagsang-ayon ko. "Pero, lintik lang talaga, Elton Alexander. Ang gwapo-gwapo mo talaga. Para kang sikat na artista at model at porn star at bold star sa itchura mo ngayon. Ang yummyness mo talaga. Teka nga at mahihimatay lang ako. Ito na. Mahihimatay na ako. Ito na talaga, promiseness. In 3, 2, 1. Ito na. . ." sabi ko saka ipinikit ang mga mata ko.

Habang nakayuko ako't nakapikit na kunwari ay nahimatay na naman bigla akong nakarinig ng pagbukas at pagsarado ng pintuan. Dahan-dahan kong binuksan ang mga mata ko at agad napansin na wala na si Elton sa kabilang upaun. Pag tingin ko sa labasan naglalakad na siya papasok ng mansion. Punyemas na Elton ito. Hindi man

lang ako hinintay.

Dali-dali kong binuksan iyung pintuan saka lumabas na rin at nagmadaling maglakad para makahabol ako kay Elton. Maya-maya pa nasa likuran na niya ako. Sabay kaming nakapasok sa loob ng mansion. Binati kaming dalawa nung mga katulong na students ko na hindi namin pinansin kasi nga parehas kaming snob sa personal ni Elton. Destiny na nga kasi ituu.

Habang naglalakad kaming dalawa bigla namin nakita si Chris na lumabas ng kusina at may hawak na isang baso na gatas. Naka-pajama na si Chris at mukhang papatulog na. Napansin kami ni Chris kaya ito lumapit sa gawi namin.

Yumuko si Elton para salubungin si Chris, "Ba't gising pa ang baby ko? Anong oras na, ah." nakangiting tanong ni Elton pero agad nawala ang ngiti niya nang nilampasan lang siya ni Chris. Parang 'di siya nakita ni Chris kaya dedmaness lang ang snob na si Chris sa kanya.

Sa gawi ko lumapit si Chris saka tumingala sa akin. Yumuko ako saka ngumiti.

"Ba't gising pa ang baby ko? Anong oras na, ah?" panggagaya ko sa tanong ni Elton.

Sumenyas si Chris na kakatapos niya lang daw mag drawing. "Talaga? Assignments mo ba iyun sa school?" pagtanong ko kaya tumango si Chris. Nakatingin lang sa aming dalawa ni Chris si Elton na nakataas ang kilay. "O, sige na pala. Matulog ka na. Gabi na, 'e."

Hinila ni Chris ang kanang braso ko kaya mas lalo akong napayuko. Pagkatapos 'nun saka niya ako hinalikan sa magkabilaang pisngi. Ngumiti si Chris sa akin saka nag ba-bye na.

"Ang sweetness naman ng baby Chris ko. Goodnightness, Baby." sabi ko kay Chris.

"Nasaan ang kiss ko, Baby Chris?" tanong ni Elton habang nakanguso. Nagpapa-cuteness siya kay Chris at kunwari malungkot. Ba't ang gwapo ni Elton kahit nakanguso siya? Hindi nakakainis tignan?

Akala ko iki-kiss din ni Chris ang Kuya Elton niya pero hindi. Tinignan lang siya nito saka tinalikuran at saka umakyat na ng hagdan si Chris para pumunta sa kwarto niya. Nakatingin lang kaming dalawa ni Elton sa kanya at nang mawala na si Chris bigla akong napatawa.

"Hahahahaha." humagalpak talaga ako ng pagtawa dahil kay Elton. "Hahaha. Napahiya iyung isa diyan."

Sinamaan ako ng tingin ni Elton saka siya tumayo, "Anong nakakatawa, ha?" singhal niya "Ba't ikaw lang palaging hinahalikan ng kapatid ko? Ikaw ba kapatid niya?"

"Aba, malay ko ba." sabi ko "Baka 'di kayo close."

"This is so unfair." pagmumura niyang tugon. Halatang inis na inis na siya dahil palaging ako lang ang pinapansin at hinahalikan ni Chris.

"Wag kana mainis, Elton bhe." sagot ko. "Ako nalang ang hahalik sa'yo." saad ko saka ngumuso "Dali. Kahit ilang kiss pa ang hingin mo gagawin ko."

Nandiri ang mukha ni Elton, "Kiss mo mukha mo."

"Hindi ko kayang i-kiss ang mukha ko. Mukha mo nalang i-kiss ko. Dali na. 'Wag ka ng pakipot," sabi ko habang nakanguso pa rin "Wala namang malisya itong kiss ko. Isipin mo nalang na ako si Chris. Dali."

"Okay, sige." sabi ni Elton. "Papayag akong halikan mo ako sa isang kondisyon."

"Ano iyun?" galak na galak kong sagot.

"Basta ba pumikit ka."

"Iyun lang?" tumango si Elton. "Ang dali namang kondisyon niyan. Wala bang mahirap-hirap? Okay,game. Ito na. Pipikit na ako." tugon ko saka ko ipinikit ang kanang mata ko sunod naman ang kaliwang mata. Oo, ganun talaga. 'Di ko sila sabay ipinikit.

"Wag kang didilat hanggang 'di mo nararamdaman ang labi ko, ah."

"Oo na. Bilis na." sagot ko saka ngumuso.

"Ito na." sabi ni Elton.

Hinintay ko iyung labi ni Elton na dumikit sa sarili kong labi habang nakapikit ako't nakanguso. Nangangawit na ako pero wala pa ring dumidikit na labi ni Elton. Pag bukas ko ng mga mata ko nakita ko si Elton na naglalakad na paakyat ng hagdanan. Pisting yawang Elton na 'to. Pinaasa na naman ako.

"Hoy Elton Alexander na malaking bayag!" sigaw ko kaya biglang napahinto sa paglalakad si Elton.

Gulantang siyang napatingin sa akin, "What the. Anong sabi mo? Anong malaki sa akin?"

"Yung pwetan mo. Ang laki ng pwetan mo, 'o." pagturo ko pa.

"Hindi iyan ang narinig ko." sagot niya. "Hindi ko talaga kinakaya yang mga words mo, Promdi Girl."

"Hindi rin kita kinakaya kasi paasa ka." Inis kong tugon. "Paasa ka. Mabaog ka sana."

Natawa si Elton, "Haha. Umasa ka ba? Akala mo makakaisa ka sakin, 'no? Asa ka."

"Hindi ako umasa timang ka." pagtanggi ko.

"Kakasabi mo lang, 'e." napangisi siya "Hindi ka umasa?" umiling ako. "Hindi talaga? Hahalikan kita kapag inamin mong umasa ka."

"Hindi nga ako umasa!!" pagpupumilit ko "Medyo lang. Mga ganito." sabi ko saka pinakita ang isang dangkal sa kamay ko. "Ganyan lang."

"Hahahaha. E 'di umasa ka nga." natawa si Elton. "Sorry, Promdi Girl. Pero itong labi ko para lang sa girlfriend ko."

Napatitig ako sa kawalan nang dahil sa sinabi niya. Narinig kong nabasag lahat ng organs ko sa katawan lalong lalo na iyung puso ko. Iyung labi niya raw para lang sa girlfriend niya? So, ba't sinasabi niyang pwede ko siyang halikan o magpapahalik siya? Ano iyun panggago lang? Para lang paasahin ako't saktan? Ano iyun ginagawa niya akong mukhang tanga? Pinapalasap niya sa akin kung gaano kasarap umasa sa isang bagay na 'di naman niya gagawin?

Oo nga naman. Bakit nga ba siya magpapahalik? May girlfriend siyang mahal na mahal niya. So, bakit nga ba siya magpapahalik? Kung may girlfriend siyang mahal na mahal niya 'edi 'di rin tuloy 'yung date na sinasabi niya para bukas? Talaga bang sinabi niya lang iyun para 'di matuloy ang pag-alis namin ni Jonas? Bigla akong nadismaya sa mga oras na 'to.

"Ibigsabihin hindi rin tuloy 'yung sinasabi mong date kanina?" pagtatanong ko kay Elton.

Napatitig siya sa akin saka napailing, "No. Sorry."

Napangiti ako ng mapakla, "Ang unfair mo, Elton. Kung hindi pala tuloy sana hinayaan mo nalang akong sumama kay Jonas. Sana pinayagan mo nalang siya hindi iyung nagsabi ka pa ng mag di-date tayo. Oo nga naman. Ba't nga naman tayo mag di-date. May girlfriend ka nga pala." napatigil ako.

"Pero sana, Elton, hindi ka nagsasabi ng mga ganung bagay. Babae ako. Mabilis akong umasa sa isang salita. Hindi naman sa umaasa ako na totohanin mo iyun pero kasi inisip ko na kanina kung anong susuotin ko para bukas. Kung saang lugar tayo

pupunta. Kung anong mga kakainin natin. Kung manonood ba tayo ng sine. Ang dami ko ng inisip." sabi ko "Promise, 'di talaga ako umasa. Tama nga iyung kasabihan na 'Promises are for sale.'"

Tumalikod na ako at saka naglakad para dagdag effectness sa pag-emote ko. Gusto kong maiyak ngayon dahil sa sobrang dismaya kay Elton. Hindi naman sa umasa ako pero umasa talaga ako, 'e. Gusto kong maiyak pero ayaw naman lumabas ng mga luha ko.

Ito iyung pinakamasakit na pakiramdam kapag gusto mong umiyak, 'e. Yung ayaw lumabas ng mga luha mo kaya naiipon sa puso mo iyung sakit. Pisting mga luha 'to hindi maasahan. Pakamatay nalang kayo.

Akala ko maliligaw na naman ako pero hindi pala. Nakikiayon sa akin ang tadhana dahil mabilis kong nahanap ang kwarto ko. Pumasok agad ako sa loob at umupo sa gilid ng kama ko. Kinurot-kurot ko ang mga mata ko pero 'di talaga lumalabas ang mga luha.

"Hoy! Mga luhang walang pakinabang. Magsilabas kayo." pagsasalita ko.

Maya-maya nakarinig ako ng katok sa pintuan. May istorbo pa sa pag da-drama ko.

Tumayo ako saka binuksan ang pintuan. Tumambad sa akin si Elton na tanging boxer na naman ang suot na kulay itim. Kitang-kita na naman ng dalawang mahaharot kong mga mata iyung perpektong abs niya at iyung yummyness na ulamness niyang v-line. Gusto ko sanang matakam sa macho niyang katawan pero tinatamad ako. Saka nalang kapag 'di na masama ang loob ko sa kanya.

"Anong kailangan mo?" mataray na pagtatanong ko sa kanya habang titig na titig sa abs niya. Wala sa mukha niya ang atensyon ko.

"Uhm, ano." parang nahihiya niyang sagot kaya napatingin ako sa mukha niya. Kumakamot si Elton sa batok niya kaya lumitaw ng husto iyung muscle niya sa braso niya. "Igagala natin si Chris bukas."

"Igagala natin si Chris bukas?" sagot ko "Date ba iyan?"

"Hindi. Igagala lang natin si Chris."

"Kung hindi iyan date ayokong sumama. Goodnight!" pagtataray ko saka isinarado ang pintuan.

"Promdi Girl, ano ba? H'wag ka na ngang mag-inarte. Oy, buksan mo 'tong pintuan."

"Ayoko. Kung hindi date 'yun ayokong sumama."

"Fine," nainis na ata ang macheteng Elton. "Date na 'yun."

Agad ko binuksan ang pintuan at galak na galak na tumingin sa kanya. "Date 'yun?"

Tumango siya, "Oo. Date 'yun. Igagala natin si Chris kaya date 'yun."

"YES!" napatalon pa ako dahil sa labis na tuwa. "Date 'yun!"

"Osya, matulog ka na at may date pa tayo bukas." sabi niya habang nakangisi.

"Sige. Sige." napahagikgik ako. "Goodnight, sexyness and yummyness na Elton."

"Goodnight, Bobitang Promdi Girl."

Gaaaaaaah. Tinawag niya akong bobita. Gandang-ganda talaga si Elton sa akin.

Tumalikod na si Elton pero muli ko siyang tinawag, "Bakit?"

"Wag mo kong tinatalikuran. Bawal tinalikuran ang snob sa personal at plastic na kagaya ko." sabi ko "Ako dapat ang gumagawa niyan. Goodnight!" saka ko isinarado ang pintuan.

Pero dahilan ko lang iyun. Ang totoo niyang gusto ko lang pagmasdan iyung katawan ni Elton. Gusto kong sa gabing ito bago ako matulog katawan niyang uber ng sexyness ang makikita ko.

Todo ngiti tuloy ako nang mahiga ako sa kama. Timatamad akong maligo at magbihis kaya bukas nalang. Baka kasi mawala ang excitementness na nararamdaman ko. Ahhhhhh. May date kami bukas!!!

"Majinbu, may date kami bukas ni Elton—" napatigil ako nang 'di ko makita si Majinbu sa loob ng kwarto ko. "Nasaan sumuot 'yung biik na 'yun? Nawawala, ah." nagtataka kong tanong sa sarili ko.

Nakita kong gumalaw 'yung maleta ko pero dinedma ko lang. Tinatamad akong tignan kung ano 'yun, 'e. Saka kailangan ko na rin matulog para maagang magising. May date kami ni Elton Alexander. Mwahahahaha.

"Hay, may date." pag-ulit ko sa sarili ko. "Baka mabuntis ako. Hindi pa naman ako ready. Pero bukas ko nalang iyan problemahin. Kailangan ko na matulog. Ito na. Matutulog na ako. In 3, 2, 1. Ito na tulog na ako." ang huli kong pagsasalita saka na ako tuluyang nakatulog na may landi—este ngiti sa labi.

==========

Chapter 23

Ito na ang update! Alam niyo na ang gagawin, students! :)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 23.

Ang aga kong nagising kinabukasan. Or, shouldness I sayness, hindi naman talaga ako nakatulog dahil sa sobrang excitementness na nag-uumapaw sa katawan ko. Hindi ako pinatulog ng ideyang magkakaroon kami ng date ni Elton. Kaya habang nakahiga ako kagabi puro kalandian—este mga ginagawa lang sa date ang laman ng utak—jokeness, ang laman ng ulo ko. Kung saang mga lugar kami pupunta. Kung saan kami kakain dalawa. Kung manonood ba kami ng sine at kung mag ki-kiss ba kaming dalawa. Mwahaha.

Kanina pa ako gising at bitin na bitin lang talaga ang tulog ko pero hindi ako inaantok. Parang fully chargeness na agad ang katawan ko. Nakahiga pa rin ako sa kama ko at todo ngiti pa. Sa sobrang lapad ng ngiti ko umaabot na ito sa balakang ko. Ganun ako kasaya ngayon. Masayang-masaya ako dahil hindi paasa si Elton dahil tutuparin niya ang date namin ngayong araw. Wari ko talaga crushness ako 'nun.

Tumayo na ako sa kama ko saka ito inayos. Pagtapos 'nun pumunta ako sa maliit kong cabinet na luma na nasa gilid ng k'warto ko. Binuksan ko ito saka pumili ng damit. Inisip ko kung anong susuotin ko ngayon. Hindi dapat ordinaryong damit lang dahil mahalaga ang araw ngayon. Ngayong araw na ako tatanungin ni Elton kung sang-ayon ba akong pakasalanan siya, 'di ba?

"Uhm, ito kaya?" tanong ko sa sarili ko nang makita ko ang isang puting dress na ginamit ko noong bininyagan ako. "Ay, hindi na 'to kasya sa akin." Ibinalik ko sa cabinet 'yung damit.

Sinuri ko maigi 'yung mga damit ko. Ngayon ko lang napansin na wala pala ako masyadong damit na pang-alis. Ang andito lang ay puro shorts na pambahay, tatlong iba't ibang kulay na palda na lagpas tuhod, tapos itim na pantalon na pangtrabaho ko sana. Kinuha ko 'yung paldang itim saka pink na blouse. Ito nalang ang susuotin ko ngayon tutal kahit anong damit naman bumabagay sa akin dahil nga bobita ako—prettyness.

Kinuha ko na rin 'yung tuwalya kong nakasabit saka ito isinampay sa balikat ko. Pagtalikod ko bigla ko na naman napansin na gumagalaw 'yung maleta. Naalala kong kagabi pa iyun gumagalaw bago ako matulog. Parang may kung anong malanding hayop na andun sa loob. Napakunot tuloy ang noo ko.

"Ano kayang andito sa loob ng maleta ko?" nagtataka kong tanong sa sarili ko saka ito nilapitan. Yumuko ako para buksan ang maleta ko pero bigla akong napatigil dahil may naalala ako. "Baka naman guni-guni ko lang na gumalaw ito." bigla ulit gumalaw 'yung maleta.

"Guni-guni lang talaga na gumagalaw ang maleta. Lalala~kulang lang ako sa tulog kaya inaakala kong gumagalaw mag-isa ang maleta. Makaligo na nga lang dahil may date pa ako ngayon." kumanta-kanta pa ako saka na tumalikod at naglakad palabas ng k'warto ko para maligo.

Paglabas ko napansin ko agad na ang dilim pa ng buong mansion. Tanging iyung mga ilaw lang sa dingding ng hallway ang may ilaw. Ang tahimik pa rin ng paligid. Parang tulog na tulog pa ang mga tao rito. Napatingin ako sa may orasan na nadaanan ko kaya bigla akong nawindang.

" Alas-tres palang ng umaga, leche." gulantang kong pagsasalita. "Pero kers na. Mas magandang maaga mag-ayos kaysa ma-late ako, 'di ba? Naniniwala pa naman ako sa kasabihang 'It's better early than no ice for sale.' kaya maliligo na ako."

Dumiretso na ako sa kusina kung nasaan ang banyo saka naligo. Todo kuskos ako ng katawan ko na tipong pati singit ko talaga hinilod ko. May date ako ngayong araw kaya dapat malinis na malinis ako. Dapat mahiya ang alcohol sa katawan ko dahil ako ang magpapatunay ng salitang germ-free.

Nang matapos akong maligo sa banyo na rin ako nagbihis. Parehas na kulay na ng bra at panty ang suot ko dahil nga may date ako ngayon. Alam niyo na. Mwahahaha.

Madilim pa rin ang labasan nang lumabas ako ng banyo. Mukhang madaling araw pa rin. Akala ko naman ilang oras na akong naligo at aabutan na ako ng sikat ng araw pero hindi pa rin pala. Dedma nalang.

Bumalik na ako ng kwarto ko habang patuloy na pinapatuyo ang buhok kong basa. Nasa ganun akong posisyon nang muli ko na naman nakitang gumalaw ang maleta ko. Mas malakas na 'yung paggalaw niya kaysa kanina kaya naman nairita na ako. Nilapitan ko ito saka binuksan.

Pagbukas ko bigla akong nagulat dahil nakita ko si Majinbu sa loob ng maleta ko. Nagtataka ako kung paano siya napunta 'dun. Hindi ko maalala kung paano siya napunta sa loob ng maleta. Ipinasok niya ba ang sarili niya sa loob?

"Paano ka napunta diyan?" gulat kong tanong kay Majinbu. "Diyan ka ba natulog?"

Ang sama ng tingin niya sa akin, "Oink! Oink!" sabi niya. Tinatanong niya kung may balak ba raw akong patayin siya.

"Ano? Ako may balak patayin ka?" nawindang kong tanong. "Ba't mo naman nasabi? Wala akong balak, 'no. Ang tanong ko ang sagutin mo. Paano ka napunta diyan sa loob ng maleta? Sinong bobo ang nagpasok sa'yo diyan sa loob at bibigyan ko ng mag-asawang sampal with batok sa noo pa na free."

"Oink! Oink!" sagot ni Majinbu saka tumalon si Majinbu paalis ng maleta. Naglakad siya papunta sa kama ko at nahiga. Ang baboy niyang lumakad sa totoo lang.

"Hoy! Kinakausap kita. Sinong naglagay sa'yo sa loob ng maleta? Si Klode ba?"

Napabangon si Majinbu at tumalas ang tingin niya sa akin. Parang naghahamon siya ng suntukan.

"Oink! Oink!" sigaw niya sa akin. 'Wag na 'wag ko raw idadamay si Klode sa usapan na 'to. "Oink! Oink!" may dinagdag pa siya. 'Wag ko raw pagbintangan ang honey bee niya.

"Aba, may nalalaman ka pang honey bee diyan. Hindi bubuyog si Klode. Hindut na bayut na kabayo 'yun. Honey horse dapat ang tawag mo sa kanya," pagtatama ko kay Majinbu. "Tas honey pig ang tawag niya sa'yo. Mwahaha."

"Oink!" mataray na sagot ni Majinbu. Ang sabi niya K.

"Eto namang si Majinbu ang sungit sa akin. Para binibiro lang, 'e." lumapit ako kay Majinbu. Umupo ako sa tabi niya. "Pero alam mo, Majinbu, kahit ang gaspang ng ugali mo sa akin hindi ko pinagsisisihang iniligtas kita laban sa kampon ng matataba na si Ate Betty. Kahit palagi mo akong dinededma masaya akong naging alaga kita." tumingin ako kay Majinbu saka ngumiti. "Kaya sana kahit anong mangyari 'wag na 'wag mo akong iiwan, ha? Ikaw nalang kasi ang kasama ko sa buhay."

Napatitig sa akin si Majinbu saka sumagot, "Oink oink oink oink! Oink oink! Oink oink." ang sabi niya kung anu-ano raw ang pinagsasabi ko. Parang pinapalabas ko raw na mamamatay siya. Saka kahit daw ang ingay ng bibig ko, ilusyunada, mahedara, bungangera, at bobo madalas, hindi raw siya nagsisising ako ang naging amo niya.

"Ayiiihhhh. Ang sweet naman ni Majinbu. Pakiss nga sa maliit mong pututoy, Majinbu."

Napairap si Majinbu, "Oink! Oink!" binabawi niya na raw ang sinabi niya. Pinagsisisihan niya raw na ang naging amo niya ay may sayad.

"Walang bawiin, ano. Ang bumawi ng sinabi may tae sa pwet." napahagikgik ako. "Teka nga lang, ginugulo mo ako, 'e. Nag-aayos ako."

"Oink! Oink!" tinatanong ni Majinbu kung saan daw ako pupunta at magkakalat ng kabobohan.

"Hoy! Grabe kang biik ka. Magkakalat ng kabobohan talaga?" singhal ko sa kanya. "May date kami ni Elton Alexander." napangisi ako.

Napatayo si Majinbu dahil sa gulat, "Oink! Oink!" kinukumpirma niya iyung sinabi ko. Kung date ba raw talaga kasama 'yung si masungit. Masungit ang tawag niya kay Elton.

Tumango ako, "Oo. Date talaga kasama si masungit."

"Oink! Oink!" napasimangot si Majinbu. Ayaw niya raw kay Elton.

"Bakit naman ayaw mo kay Elton? Ang gwapo-gwapo niya kaya—"

"Oink! Oink!" mas gwapo raw si Klode.

"Gaga. Maganda. Maganda si Klode, ukieness?" napatawa ako. "Pero bakit ayaw mo kay Elton?"

Napairap si Majinbu, "Oink! Oink!"

Kasi raw ramdam niyang papaiyakin lang daw ako ni Elton. Wala raw magandang maidudulot si Elton sa sistema ko. Tanging puro pag-iyak at hinanakit lang daw ang ibibigay nito sa akin. Kahit daw bobo at may sayad akong amo hindi raw dapat ako pinapaiyak at sinaktan. Ang haba ng sinabi ni Majinbu, 'no? Kaloka. May utak din pala 'tong si biik.

Natawa ako, "Naks. Nag-aalala sa akin ang biik. I'm so touchness," saad ko "Makinig ka, Majinbu. Hindi mo masasabing nagmamahal ka kung puro kasiyahan lang ang nararamdaman mo. Ang love at pain ay parang buy 1 take 1. Kapag kumuha ka ng isa may kasama pa itong isa." ngumiti ako "Saka, kapag minahal mo ang isang tao dapat ihanda mo ang sarili mo na masaktan. Dahil ang pagmamahal ay parang pagsugod sa gera. Kahit anong pag-iwas mo masasaktan at masasaktan ka talaga."

"Oink! Oink!" saad ni Majinbu. Whatever daw. "Oink! Oink!" wag na raw ako kay Elton. 'Dun nalang daw ako kay Klyde. Mas mukhang matino pa raw iyun kaysa 'dun sa Kuya niya.

"Shipper ka rin namin ni Klyde? Utang na labas biik. Wala akong gusto kay Klyde. Ayoko makasuhan ng child abuse," pagtanggi ko. "Uhm, kay Klode nalang kaya ako? Pwede?"

"Oink! Oink!" subukan ko raw at mapapaaga raw ang pakikipagkita ko sa lolo ko sa kabilang buhay.

Humagalpak ako ng tawa, "Handa ka maging kriminal para kay Klode, 'no?"

"Oink! Oink!" sabi niya hindi raw. Handa lang daw siyang ibuwis ang baboy niyang buhay para sa kabayo.

"Proudness na proudness ako sa'yo, Majinbu. Sana handa ka ring ibuwis ang buhay mo sa akin."

"Oink! Oink!" siyempre naman daw. Kapag daw nasusunog ako at may tubig siyang iniinom, uubusin niya raw iyung tubig.

"Wow! Salamat, Majinbu, ah? Salamat!"

"Oink! Oink!" welcome raw. Biik na 'to 'di marunong makaramdam ng sarcasmness.

"Tse! Diyan ka na. Hihintayin ko na si Elton Alexander sa salas. Goodbyeness, biikness." pagpapaalam k okay Majinbu.

Hindi na sumagot si Majinbu dahil bumalik na siya sa kama para matulog. Gusto ko nga sana itanong sa kanya kung sinong poncho-pilato ang naglagay sa kanya sa loob ng maleta para mabigwasan ko pero saka nalang. Kailangan ko ng hintayin si Elton at masimulan na naming dalawa ang date ng taon. Mwahahaha. Comeness to me, Elton bhe.

Naglakad na ako papunta ng sala at nakasalubong ko si student na may dalang mga labahin ni Chris. Andito pa pala 'tong si Nicca na student ko. Akala ko na-kick out na siya ng mansion kasi 'di niya ginawa 'yung assignment ko para sa kanya na sampalin back to back si Ate Betty, 'e.

Tinanong niya sa akin kung saan daw ako pupunta at ang aga-aga ko raw bihis na bihis ako.

"Anong gusto mo nakahubu't hubad ako habang nakikipag-date kay Elton?" birada ko kay student.

Nagulat si gaga, "May date kayo ni Sir Elton, ma'am?"

Ngumisi ako, "Yesness. Tama ka diyan. Ang sarap mong lagyan ng malaking tsek sa batok mo."

"Pero, ma'am, alas-kwatro palang ng madaling araw. Ang aga mo naman mag-ayos, ma'am." nagtataka niyang tanong. "Saka, natulog ka ba, ma'am? Halatang puyat ka."

"Anong maaga ka diyan? Masyado na nga akong late, 'e. Alam mo ba sa probinsya namin ang oras ng date 'dun alas-tres ng madaling araw hanggang alas-singko. Pinapanood nila 'yung pagsikat ng araw sa may bukid habang nakasakay sa kalabaw," pag ku-kwento ko. "Saka, tama ka. 'Di ako natulog. Excitedness kasi ako."

"Ma'am, kung ako sa inyo matulog po muna kayo kasi madaling araw palang. Sigurado akong mamayanang hapon pa kayo mag di-date ni sir Elton kung totoo man ang sinasabi mong may date kayo o nag-iilusyon ka lang."

Napataas ang kilay ko, "Anong tingin mo sa akin ilusyunada? Hoy, student. Ma'am mo

ako tapos ganyan ka makipag-usap sa akin. Dahil diyan paparusahan kita. Isulat mo ang buong pangalan mo sampung manila paper. Maliliit ang pagkakasulat, ha? Back to back dapat. Kapag hindi back to back ipapakain ko sa'yo 'yung manila paper."

"Pero, ma'am."

"Benteng manila paper na."

"Ma'am naman."

"Trentang manila paper na," tinignan ko siya "Aangal ka pa?"

Umiling siya, "Hindi na, ma'am. You already, m'am. The best ka, 'e." sagot niya "Sige, ma'am, enjoy sa ilusyon niyong date with sir Elton." sabi niya saka tumalikod na.

"Hoy, student!" muli kong pagtatawag.

Humarap siya, "Yes, ma'am?"

"'Wag mo akong talikuran. Ako dapat ang tumatalikod sa'yo. Masamang tinatalikuran ang snob sa personal na gaya ko." saad ko saka tumalikod na at pumunta sa may sala para hintayin si Elton.

Umupo ako sa mahaba at malambot na upuan na kulay gold ang pintura habang nakangiti at hinihintay si Elton. Napatingin ako sa may orasan sa gilid ko at nakita kong alas-kwarto 'e medya palang ng madaling araw.

Ano na kayang ginagawa ni Elton? Naliligo na ba siya? Nag-aayos? Nagpapapogi para sa akin? Mwahaha. Gusto ko na makita ang itchura niya ngayon. Mas lalo pa naman siyang pumogi sa itim niyang buhok.

Nakatuon lang ang pansin ko hagdanan at hinihintay na bumaba si Elton. Hindi mawala ang malapad kong ngiti na umaabot na sa talampakan ko. Atat na atat na akong makita si Elton pero kailangan kong maghintay. Naniniwala rin kasi ako sa kasibihang 'Good things come to those don't talk when your mouth is full.' Kaya dapat maghintay lang.

Sa kakahintay ko hindi ko na namalayan na isang oras na pala ang lumilipas na andito ako sa sala at nakatuon lang ang pansin sa hagdanan. Alas-singko 'e medya na ng umaga. Papasikat na ang araw sa labas. Ang tagal ni Elton pero kers lang. Maghihintay pa rin ako.

Maya-maya pa tuluyan ng lumiwag ang paligid sa labas at sumikat na ang araw. Hindi ko na naman namalayan na ilang oras na akong naghihintay. Alas-otcho na ng umaga. Tatlong oras na akong andito sa sala. Parang tutubuan na ako ng ugat sa tagal

bumaba ni Elton.

Pero tiis ganda. Alam kong maya-maya bababa na si Elton na nakabihis. Siguro 'di siya makapagdesisyon ng susuotin niya. Mwahaha. Natatagalan siyang mag desisyon ng damit kasi 'di niya alam kung anong damit ang mas ikakagwapo niya sa paningin ko. Kahit anong suot naman niya gwapo siya sa mga kyot kong mga mata. Mas gwapo nga lang siya kapag wala siyang suot na damit.

Muli na namang lumipas ang ilang oras at alas-dyes na ng umaga. Nakita ko na ngang bumaba si Klode pero 'di ako pinansin. Marahil alam niyang badtrip na badtrip na ako at baka sampal ko ang maalmusal niya ngayon. Dumiretso nalang siya sa kusina na 'di ako pinapansin.

Lumipas ang trenta minutos nang makita ko na si Elton na pababa ng hagdanan. Buhat-buhat niya si Chris na kakagising lang. Nagulat ako nang mapansin ko si Elton na naka-boxer pa rin at sandong puti. Halatang kakagising lang din dahil gulo-gulo pa ang buhok. Ang sexyness niya kahit magulo ang buhok niya.

Dali-dali akong tumayo mula sa inuupuan ko at sinalubong sila.

"Good morning, Elton bhe." masayang pagbati ko sa kanya.

Nagulat si Elton, "Oh. Ang aga mo naman magising, Promdi Girl. Nakaayos ka na agad, ah."

Kinuha ko si Chris mula kay Elton dahil nagpabuhat si Chris sa akin, "Hehe. Excited lang ako sa date natin kaya maaga akong gumising."

Natigilan si Elton. Parang may 'di siya naalala. "Uhm, ano, Promdi Girl."

Nakangiti ko siyang tinignan, "Ano? Mag-aayos ka na? Sige, mag-ayos ka na. Ako na magpapaligo rito kay Chris. Ako na rin magbibihis sa kanya para 'di ka maabala. Magpapapogi ka pa para sa date natin, 'di ba?"

"Ano. . . ano kasi, Promdi Girl."

"Ano nga?" natatawa kong sagot "Bilisan mo na kaya, Elton." tumingin ako kay Chris. "Aalis tayo, Baby Chris. May date kami ni Kuya mo tapos kasama ka. Saan kaya tayo pupunta. Siguro sa—"

"Makinig ka, Promdi Girl." napatigil ako nang maging seryoso ang boses ni Elton.

"Ano iyun?" nakangiti ko pa ring tanong.

"Hindi tuloy ang date natin ngayon," biglang nag blangko ang utak ko nang dahil sa

sinabi ni Elton. Hindi agad ito naintindihan ng utak ko. O, paano ito maiintindihan ng utak ko kung wala naman akong utak?

"Ano iyun? Ulitin mo nga? Hehe. Namali ata ako ng dinig." napakamot ako sa ulo ko.

Huminga ng malalim si Elton, "Hindi tuloy ang date natin kung iyun ang iniisip mo. I'm so sorry. Gusto ko man matuloy pero may biglaan akong meeting with some biggest investors. Hindi ko pwedeng i-move ang meeting na 'to para lang sa date natin." sunod-sunod niyang paliwanag. "Maraming araw para sa date natin pero itong meeting ngayon lang."

Kahit parang nabasag ang puso ko nang dahil sa sinabi ni Elton hindi ko ito pinahalata sa kanya. Nanatili akong nakangiti habang kaharap siya. Ayokong isipin niya na muli na naman akong nadismaya sa pagpapaasa niya sa akin. Ayokong maramdaman niyang nasaktan niya ako ngayong araw. Nanatili akong nakangiti sa harap niya dahil alam kong pagtumalikod siya mapapaiyak nalang ako.

Natawa ako, "Haha. Ayos, Elton. Mukhang kailangan iyan sa kompanya, 'e. Meeting mo iyan kaya galingan mo, ah? Goodluckness!"

"Hindi ka galit?" nagtataka niyang tanong.

"Hindi," ngumiti ako. "Wala naman ako karapatang magalit, 'no. Hindi mo naman responsibilidad na i-date talaga ako, 'e. Masaya lang ako kasi sa kauna-unahang pagkakataon mararanasan ko sana iyung date. Marami nag-aaya sa akin 'nun sa probinsiya pero 'di ako pumapayag. Pero ewan ko ba sa sarili ko at tuwang-tuwa ako noong ikaw ang nag-aya," saad ko "Pero, ayos lang. 'Yung pag-aaya mo sa akin masaya na ako. Ayo slang kahit hindi matuloy."

Nagpababa si Chris kaya ibinaba ko siya. Pagtapos 'nun bigla siyang lumapit kay Elton at mabilisan niyang sinuntok ang kuya niya sa putotoy nito.

"OUCH!!" ngawa ni Elton habang nakahawak sa putotoy niya. "Chris, what was that for?" pagmumura niya kay Chris. Pero 'di sumagot si Chris. Naglakad lang ito papunta sa kusina.

Natawa ako, "Goodluck daw sabi ni Chris." nakangiti kong pagsasalita. "Sige, Elton. Goodluck din sa meeting mo. Kaya mo 'yun. Matalino kang tao kaya alam kong kaya mo 'yung meeting mo."

Huli kong sinabi saka tinalikuran na si Elton. Ramdam na ramdam ko 'yung pagtitig ni Elton sa akin habang naglalakad ako pero 'di ko siya nilingon. Ayoko siyang lingunin. Ayokong ipakita sa kanya itong nararamdaman ko. Ayoko siyang lingunin kasi makikita niyang tumutulo ang mga luha ko galing sa dismayado at wasak kong puso.

Agad-agad akong naglakad pabalik ng kwarto ko saka isinarado ang pintuan. Napasandal ako sa may pintuan at hinayaan ang mga luha ko na tumulo ng tumulo. Mas

naiyak pa ako ngayon kaysa nung namatay si Lolo ko sa 'di ko alam na dahilan. Pakiramdam ko hinahati ng paulit-ulit ang puso ko.

Ito 'yung ayaw ko kapag nasasaktan ako, 'e. Nararamdaman ko kasi 'yung pakiramdam na bawat parte ng katawan ko ay kumikirot at masakit. 'Yung tipong sa sobrang sakit hindi mo alam kung kailan ka magiging okay o kung magiging okay ka pa ba.

Iiyak muna ako, wait lang.

Ge, students.

==========

Chapter 24

Commentness and voteness, studentness! Thank you! Mwahahaha.

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 24.

Masyado atang napasobra ang pag-iyak at pagdadrama ko kanina kaya nang magising ako namamaga ang mga kyotness kong mga eyeness. Pakiramdam ko parang kinagat ito ng malaking ipis na kasing laki ng bayag ni Elton—este ng aso pala. Oo, tama. Nang aso at hindi 'yung bayag ng talkshit na 'yun. Ampness siya! Pero wala pa ring tatalo sa sakit na nararamdaman ng puso ko ngayon. Kahit napaiyak na ako at nailabas ko na rin kahit papaano ang dismaya sa loob ko may kirot pa ring nakatago sa puso ko na 'di ko alam kung papaano tatanggalin o in english mari-removeness.

Mabuti nalang hindi ako napaiyak sa harapan ni Elton The Talkshitness nang sinabi niyang 'di matutuloy ang date naming dalawa. Hindi ko kasi alam kung anong irarason ko sa kanya kapag nakita niyang umiyak ako dahil lang tinokis niya ako. Baka isipin niya pa excitedness na excitedness ako sa date na iyun na sa totoo naman ay hindi talaga ako excitedness. Hindi talaga. As in no.

Ako na si Althea Josefa na kinuha ang pangalan sa Greek Mythology ng Diyosa ng mga suman excitedness sa date kasama si Elton? Mukha niya. 'Wag siyang umasa. Maaga lang talaga akong nagising at maagang naligo at maagang nagbihis at maagang naghintay sa kanya pero hindi ako excitedness. Hindi talaga. Hinding-hindi o in english I'm not excitedness because I'm Althea Josefa.

Nakatulala lang ako sa kawalan nang mapansin ko si Majinbu na nakatingin sa akin. Tumagilid ako ng pagkakahiga sa kama para makita ko siya ng maayos. Nasa may sahig siya at seryosong nakatitig sa prettyness kong mukha. Parang gandang-ganda si Majinbu sa akin ngayon. Fan ko na ata ang biik.

"Ba't ganyan ka makatingin? Gandang-ganda ka ba sa akin ngayon? Gusto mo ng fansign?" nakangiting tanong ko sa kanya. "Kulitin mo muna ako. Ang snob sa personal na kagaya ko 'di basta-basta namimigay ng fansign, 'e."

Mabuti pa itong si Majinbu napapangiti ako hindi tulad ng iba diyan na palagi akong pinapaiyak, sinasaktan, inaalipusta, pinapaasa, hinahalikan—jokeness, wala pang halik. Sayang, 'no?

Sinong iba ang tinutukoy ko? Bibigyan ko kayo ng clueness. Matambok ang pwetan ng lalaking ito. Malambot din ang labi. Ang katawan parang masarap na suman na 'di ka magsasawa kainin. Tapos ang mukha parang inukit sa sobrang kakisigan. Kilala niyo na ba mga students kong bobita kung sino siya?

"Oink! Oink!" pagsagot sa akin ni Majinbu. "Oink! Oink!" ang sabi niya hindi raw siya gandang-ganda sa akin. Awang-awa raw ako. Ang hilig ko raw mag-ilusyon kaya palagi raw akong nasasaktan.

Lecheng biik 'to. Maiihaw ko ito ng wala sa oras, 'e. Itong gutom ako, puyat, at pinaasa. May kakalugaran siya tignan niyo lang mga students kong bobita.

"Hindi naman ako madaling umasa," napangiti ako ng mapakla. Gaano kapakla? Himasin niyo kilikili niyo tapos tikman niyo. Ganun kapakla—ay maasim pala iyun. 'Edi, napangiti nalang ako ng maasim.

Napagtuloy ako, "Sadyang hindi ko lang inaasahan na muli akong madidismaya kay Elton. Pero ano pa bang magagawa ko? Hindi naman ako ang priorityness niya, 'e. Wala akong karapatang umangal at magreklamo. Kapag hindi ikaw ang priority ng isang tao hindi ka dapat umagal kung hindi niya matupad ang pangako niya sa'yo. Kasi kapag umangal ka ang tawag sa'yo alangera." bigla akong natawa "Ano ba 'tong pinagsasabi ko. Parang may feelings ako kay Elton? Stopness, Althea. Hindi ka dapat magka-feelings kay Elton dahil may Kylie Jenner siya."

"Oink! Oink!" tugon ni Majinbu sa akin. Kay Klyde nalang daw ako. Pinagpipilitan niya talagang si Klyde nalang ang patusin ko. Sasapatusin ko na 'tong si Majinbu maya-maya lang.

"Vuvu ka ba, Majinbu? Anong kay Klyde nalang ako?" inis kong saad "Porket, nadismaya ako sa Kuya 'dun nalang ako sa kapatid, ganon? Anong tingin mo sa akin, malandi? Pakarat? Pakangkang o lahat nalang ng nabanggit ko tutal naman the more the chances of winning?"

"Tama. Sa akin ka nalang." may sumagot sa likuran ko. "Kasi ako hindi kita papaasahin at sasaktan."

Bigla akong nanigas habang nakahiga at nakatagilid nang may marinig akong boses na nagsalita mula sa likuran ko. Dahan-dahan akong napatingin sa likod ko at agad tumambad sa akin ang isang yummyness din na katawan—katawan ni Klyde na tanging boxer lamang ang suot.

Yakap-yakap niya pa ang isa kong unan sa tiyan niyang may abs at v-line rin kagaya ng sa kuya niya. Hindi rin nakawala sa mata ko iyung bukol niya sa boxer pero agad akong napasimangot dahil mas malaki ang bukol ni Elton kaysa sa kanya. Weak 'tong si Klyde. Sabagay, bata pa kasi kaya smallerness ang bukol.

Pag tingin ko sa mukha niya nakatingin siya sa akin habang nakangisi. Jusko. Ba't ang lapit-lapit ng mukha namin sa isa't isa? Nararamdaman na ng mukha ko iyung paghinga niya. Bakit din hindi ko naramdaman na andito itong lalaking 'to sa tabi ko at nakahiga rin pala sa likuran ko? Anong ginagawa niya rito sa kwarto ko? Paano siya nakapasok. Mahilig talaga siya sa pasukan, 'no?

"Ano—anong ginagawa mo rito sa kwarto ko? Papaano ka nakapasok?" gulantang tanong ko kay Klyde "Ay, teka—dapat pala magugulat ako. Magugulat na ako. Ito na. Magugulat na ako in 3, 2, 1. WAAAAAAHHHHH!!" napasigaw ako ng malakas kaya napatakip ng tenga si Klyde. "Paano ka napunta diyan sa likuran ko?" sa sobrang paggalaw ko nasipa ko iyung bukol ni Klyde sa boxer niya.

"Ouch! Shit. Fuck." pagmumura niya. Mabilis siyang napaupo sa kama habang hawak-hawak 'yung ibabaw ng boxer siya. "Shit. My precious jewel. It hurts. Fuck." napapamura talaga siya sa sobrang sakit.

"Oink! Oink! Oink!" natatawang pagsingit ni Majinbu. Nakahawak pa si Majinbu sa tiyan niya habang tumatawa. Laughtripness talaga ang biik sa nangyari kay Klyde.

Agad kong ibinaling ang tingin ko kay Klyde na abala pa rin sa pag-inda ng bukol niyang nasipa ko. Naawa naman ako bigla kaya mabilisan akong umupo sa kama at hinawakan siya sa bukol—este, balikat.

"Naku, Klyde. Sorry. Hindi ko kasi alam na andiyan ka. Sa sobrang gulat ko nasipa ko tuloy." naaawa kong sabi sa kanya. "Masakit ba?"

Tumingin siya sa akin, "Oo kaya. Ang lakas ng sipa mo. Nabasag ata iyung isa, 'e. Shit. Paano 'to? Baka 'di nako makabuo." sagot niya na halatang nasasaktan pa rin at nag-aalala.

"Sorry talaga. Kung hindi ka makabuo hayaan mo tutulungan kita sa pagbuo," gulat na napatingin sa akin si Klyde, "Masakit pa ba 'yung bukol mo? Gusto mo ba hilutin ko?" pagsusumamo ko.

Nakatitig lang si Klyde sa akin tapos bigla siyang napangisi sa 'di ko alam na rason kung bakit. Umayos siya ng pagkakaupo sa kama saka tinanggal niya 'yung pagkakahawak niya sa harapan ng boxer niya.

"You could help me to ease the pain? Sure. Go on." pagmumura niya. "Hilutin mo ng hilutin, ah. Galingan mo." todo ngiting saad niya na parang may kalokohan na naiisip at naglalaro sa utak niya.

Napasimangot ako, "Ikaw na nga tutulungan tapos magmumura ka pa?"

"Hindi kita minura," napatawa si Klyde, "I saidness, you couldness helpness me to easeness the painness. Gets mo na ba?" pag-eenglish niya na agad ko namang na-getness kasi nga best in english ako.

"Ahh! Iyun pala ang sinabi mo. Ayusin mo kasi ang english mo. Hindi 'yung puro ka wrong grammar. Mahiya ka naman sa best in english na katulad ko," pagmamalaki ko.

Napailing-iling si Klyde, "Langya. Kailangan ko pa pala lagyan ng mga ness ang bawat word ng english para lang maintindihan mo," sabi niya. "Anywayness, tutulungan mo ba ako? Kumikirot pa rin 'tong bukol sa boxer ko, 'e. Ang lakas mo kasing sumipa." pagpapaawa ni Klyde.

Ngumuso pa siya pero 'di iyung nguso niya 'yung napansin ko kundi 'yung nunal niya sa gilid ng labi niya. Ang sexyness din nung nunal niya mygassssh.

"Oink! Oink!" biglang umentrada si Majinbu. Pinipigilan niya ako. 'Wag ko raw hilutin iyung bukol sa boxer ni Klyde dahil may lalabas daw 'dun na kung ano. Baka raw maloka ako kapag nakita ko iyun.

"Ay, ganon?" sagot ko kay Majinbu saka ako tumingin kay Klyde, "I changeness my mindness. Hindi ko na 'yan hihilutin. Tutal naman kasalanan mo rin 'yan." pag sermon ko sa kanya "Paano ka nga kasi nakapasok dito sa kwarto ko?"

"Edi pumasok diyan sa pintuan." sarkastiko niyang sagot. "Saan pa pala ako papasok ? Diyan sa bintana? E, hindi naman kasya diyan 'tong sexy kong katawan." pinakita pa ni Klyde ang muscles niya sa braso niya saka ito hinalikan.

"So, nakakatawa ka na niyan?" seryoso kong sagot. "Yummyness 'yang muscles mo pero 'di ka funnyness."

Natawa si Klyde, "Masyado ka namang seryoso. Pinapatawa ka lang, 'e." tapos bigla siyang nagseryoso "Narinig ko kasing usap-usapan 'nung na nagmamadali ka raw pumunta rito sa kwarto mo at umiiyak. Siyempre, mahal kita kaya gusto kong malaman kung bakit. Tapos pag punta ko rito naabutan kitang nakahiga na sa sahig at tulog na tulog. Tumutulo pa nga laway mo," natawa si Klyde "Tapos binuhat kita at inihiga diyan sa kama mo. Ang sarap mong panoorin habang natutulog kaya natulog din ako sa tabi mo."

"Paano mo ako binuhat?" pagtatanong ko "Yung pagbuhat ba na katulad na ginawa sa akin ng kuya mo? 'Yung isinampay niya ako sa balikat niya na parang isang kabang bigas?"

Nagulat siya, "Ha? Why should I do that?" sabi niya "I meanness, whyness shouldness I do thatness? Hindi ka naman isang kabang bigas para sa ganung paraang buhatin, 'e. Babae ka at hindi isang sakong bigas para ganung paraan ang pagbuhat ko sa'yo." tugon niya "Saka, wag mo kong ikumpara kay Kuya, Althea. Kung palagi ka niyang nasasaktan pwes ako hindi ko iyun gagawin. Hindi kita papaiyakin tulad ng ginawa niya sa'yo. Oo, napaiyak kita ng isang beses pero hindi na iyun mauulit pa."

Napatigil ako sa sinabi ni Klyde. Tama nga siya dahil palagi nalang akong pinapaiyak ni Elton. Ilang beses na niya akong nasaktan at nasabihan ng mga masasakit na salita't paratang pero palagi ko siyang pinapatawad kahit wala naman akong binebenta.

Bakit ganito? Bakit hindi ko kayang magalit kay Elton? Bakit kahit ilang beses na niyang pinatulo ang mga luha ko hindi ko siya kayang kamuhian? Bakit mataba si Ate Betty? Bakit maitim ang batok at leeg ng asawa niyang may pangalan na Rudolf? Bakit hindut na bayut si Klode?

"Althea, makinig ka. Hindi ba sinabi ko sa'yo na 'wag kang umasa kay Kuya? Na pigilan mo iyang nararamdaman mo para sa kanya? Kasi ngayon palang nasasaktan ka na niya. Ano pa kaya sa mga susunod na pagkakataon na mas lalong lumalim ang feelings mo sa kanya?" pagpapatuloy ni Klyde "Althea, hindi ka niya masasalo dahil may ibang babae siyang buhat-buhat. Hindi niya bibitawan ang babaeng buhat-buhat niya para lamang saluhin ka. Gumising ka!"

"Tarantado, gising naman ako. Ano akala mo? Tulog ako habang kinakausap mo ako?" pambabara ko sa kanya "So, anong gagawin ko? Anong kailangan kong gawin?" nasasaktan kong tugon. "Ang pag-ibig ay parang pag-ihi, Klyde. Masasaktan ka lang kapag pinigilan mo."

"Hindi ko naman sinabing pigilan mo, 'e. Ang sinasabi ko lang na iyang ihi mo sa ibang banyo mo nalang ilabas kung 'yung banyong gusto mong ihian 'e may umiihi pa," malalim niyang sagot.

"E, ngayon? Hindi ka ba nasasaktan?" pagpapatuloy niya na siyang kinatigil ko "Anong kailangan mong gawin kamo? Ako ang piliin mo. Sa akin ka umihi—este tumingin at 'wag kay Kuya Elton. Sa akin walang umiihi kaya mapapaihi kita—este wala akong buhat-buhat kaya masasalo kita. O, kung hindi man kita masasalo 'wag kang mag-aalala dahil sasabayan kita sa pagkahulog mo." seryosong-seryoso si Klyde habang nagsasalita. Titig na titig siya sa akin.

Hindi na naman ako nakakibo sa sinabi ni Klyde. Wala akong maisagot sa mga sinabi niya. Naguguluhan ako sa mga oras na 'to. Hindi ko alam kung dapat ko bang pagkatiwalaan si Klyde ganung nabanggit ng hindut na bayut na si Klode na babaero raw itong kakamabal niya. Paano kung sa lahat ng babae ganyan ang sinasabi niya? Paano kung niloloko niya lang din ako? Hahayaan ko ba ang sarili ko na masaktan pa ng isang Falcon?

Pak diz shitness.

Tumayo si Klyde saka lumapit sa akin. Hinawakan niya ang magkabila kong kamay saka niya inilapit ang mukha niya sa mukha ko. Akala ko hahalikan niya ako pero hindi pala. Paasa rin 'tong isang 'to, e. Like Kuya like kapatid. Nakakainis 3x a day.

Isinandal niya lang ang noo niya sa noo ko habang nakatitig siya sa mga mata ko. Nasa ganung posisyon kami ni Klyde nang maramdam kong biglang tumibok ng malakas ang puso ko. Ba't sila tumitibok? Akala ko ba nabasag sila ni Elton kanina? Nabuo ba ni Klyde ang malandi—este wasak kong puso?

"Althea, please. Ako nalang ang piliin mo." pagsasalita ni Klyde habang magkalapit ang mga mukha naming dalawa. "Para sa'yo lahat gagawin ko. Magpapakatino ako. Hindi na ako mambababae. Sa iyo lang ako titingin. Hindi kita sasaktan. Papasayahin kita araw-araw. 'Wag na si Kuya, Althea. Ako nalang. Ako nalang ang papasukin mo diyan sa puso mo."

"Oink! Oink!" pag singit ni Majinbu. Ang sabi niya 'so sweet'. Pag tingin ko sa biik nakatitig siya sa aming dalawa ni Klyde na parang nanonood ng sine. 'Yung mga mata ni Majinbu may puso pa sa magkabila niyang mata. Biik na 'to ginawa pa kaming palipasang oras.

Bumitaw ako kay Klyde at bahagyang lumayo sa kanya. Para kasing sasabog ang puso ko dahil sa sobrang lapit namin sa isa't isa. Ano ba 'tong nararamdaman ko. Hindi ko naman ito nararamdaman noong nasa probinsya pa ako, 'e. Mula nang makarating ako rito sa Manila at manirahan dito sa mansion ng mga falcon, kung anu-ano ng kalandian—este, pakiramdam ang nararamdaman ko. Marahil itong nararamdaman ko dahil nakikita ko palaging naka-boxer si Elton at Klyde.

"Naguguluhan ako, Klyde." sagot ko sa kanya. "Hindi magandang ideya 'yan. Tiyak magagalit si Lolo Andres at Lolo Philip ko kapag pinilit mo iyan. Ang gusto nila si Elton ang papakasalan ko."

"Fuck it. Paano ka nga kasi niya papakasalan kung may girlfriend siyang mahal na mahal niya? Althea, buksan mo ang mga mata mo. Tingin mo ba papakasalan ka ni Kuya? No. Hindi ka niya papakasalan," pag realtalk niya sa akin. Ang sakit, ah. "Wala ka nga kasing aasahan kay Kuya dahil wala siyang gusto sa'yo. Sinasaktan ka niya at pinapaasa kasi wala siyang nararamdaman na kahit ano sa'yo. Ano bang hindi mo maintindihan 'dun?"

"Naiintindihan ko naman 'yun," kalmado kong sagot sa kanya. "Naiintindihan ko ang lahat ng sinasabi mo. Tingin mo sa akin bobo ako?" napairap ako "Medyo lang. Pero alam kong wala talaga akong aasahan kay Elton. Nyetang 'yan. Paulit-ulit nalang tayo. Pwede bang mag move-on naman tayo sa topic? Iba naman pag-usapan natin like recipe ng suman ko. Greek Mythology. Theories of the universe. Mga ganon? Pangmatatalinong usapan ba."

"Paulit-ulit tayo kasi hindi ka nakikinig." panunupalpal niya.

"Lul. Nakikinig ako. Sadyang 'di ko lang trip 'yung sa'yo ako lumipat at ikaw piliin ko."

"At bakit naman?" kumunot ang noo ni Klyde. "Ano bang ayaw mo sa akin? Gwapo naman ako. Mayaman. Hot. Sexy ang katawan. Nasa akin na ang lahat."

"Wala pa sa'yo ang lahat. Hindi mo pako nakukuha. Ilusyunadong 'to," pambabara ko "Teka nga—wag mong ikunot ang noo mo. Nagiging kamukha mo si Elton kaya nababadtrip ako," nawala ang pag kunot ni Klyde. "Yan. Ganyan lang para ayos tayong dalawa. Dagdag stress ka rin sakin, 'e."

Napailing-iling si Klyde. Iyung iling niya parang nangangahulugan na 'Jusme. Suko nako sa bobong 'to.'

"Kapag umuwi si Lolo Andres sasabihin ko sa kanya na may girlfriend si Kuya kaya hindi na tuloy ang pagpapakasal niyong dalawa." buong loob niyang pagsasalita.

"Wag mong gagawin 'yan," pagpigil ko sa kanya "Wag kang mangialam, Klyde. Wag mong ilagay sa alanganin na posisyon ang Kuya mo."

"For fuck's sake, Althea. Puro ka Elton. Isipin mo naman ang sarili mo. Maging selfish ka naman kahit minsan. Hindi masamang isipin ang sarili paminsan-minsan."

"Paano ako magiging selfish kung 'di naman ako fish? Sige nga sabihin mo sa akin," saad ko "Sasabihin mo na 'di matutuloy ang kasal namin tapos ano? Babalik nalang ako sa probinsya namin at magtitinda ng isda? Makikipagplastikan sa mga kapitbahay ko? Manghuhuli ng palaka sa bukid?"

"Hindi ka babalik," matigas niyang tugon "Ako ang magpapakasal sa'yo. Kung kinakailangan na mag seryoso ako sa buhay ko gagawin ko."

"Wala kang maloloko rito. Pag-aaral mo nga 'di mo maseryoso ako pa kaya? Oh, pleaseness."

"Magbabago ako para sa'yo." seryoso pa rin siya.

"Ang pagbabago ginagawa iyan para sa sarili hindi para sa ibang tao." muli kong pambabara.

Natahimik si Klyde.

"Oh, ano?" muli kong pagsasalita "Barado ka, 'no? Isip ka pa ng ibang quotes."

Napabulong-bulong si Klyde na 'di ko narinig. Minumura na niya ata ako. Kers lang. Barado naman siya sa akin, 'e. Akala niya siguro mananalo siya sa akin. Ayan kaya madalas ireklamo sa akin ng baranggay. Palagi ko raw binabara mga kapitbahay ko sa probinsya. Paanong 'di ko sila babarahin 'e mukha silang indoro. Tigilan nila 'ko.

"Ano ba kasing kailangan kong gawin para sa akin mo nalang ituon ang paningin mo?" nagsalita ulit si Klyde. 'Yung mga mata niya parang nagmamakaawa na.

Tinignan ko si Klyde mula ulo hanggang paa. Hotness overload din siya pero mas hotness overload lang talaga si Elton ng sampung beses sa kanya. 'Nung nagpasabog ata ang kalangitan ng pagiging hotness si Elton mismo ang pinasabog habang itong si Klyde 'e isang drum lang ang nasalo.

"Uhm," napaisip ako "Hulmahin mo pa 'yung abs mo. Lagpasan mo 'yung abs ng Kuya mo."

"Yun lang ba? Sure. Bigyan mo lang ako ng sapat na oras at mas gaganda ang katawan ko kaysa kay Kuya." mayabang niyang sagot.

"Hanggang noo mo lagyan mo ng abs, ah? Kapag wala iyan 'di kita papansinin."

"Ano pa?" napaikot ng mata si Klyde.

"Uhm," muli akong napaisip. "Tumalikod ka nga."

Tumalikod naman si Klyde kaya tinitigan ko naman ang likuran niya. Sexyness ang likuran niya pero may kulang, 'e. Hindi masyadong matambok ang pwetan ni Klyde kagaya ng kuya niya. Hindi naman sa flat ang pwetan niya. Infactness, ayos nga lang ito at matambok din dahil bakat na bakat ang pwetan niya sa suot niyang boxer. Pero hindi ako kuntento. Kaunti pang tambok. Very very slightness na tambok pa.

"Dagdagan mo pa ang tambok ng pwetan mo." suhestiyon ko.

Gulantang na napatingin si Klyde sa akin, "What the. . ." sagot niya "Pati pwetan ko?"

Tumango ako, "Oo. Hindi mo kaya?"

"Fine. Dodoblehin ko ang pag squat ko araw-araw. Then after that, ako na mamahalin mo? Ako na papakasalan mo?" umaasa niyang tanong.

"Uhm. Tignan natin kung makakapasa ka ba? Mwahaha." pa-hard to get kong sagot. Kailangan 'di basta-basta pumapayag sa isang bagay, 'no. Naniniwala kasi ako sa kasabihang 'When it rains, it rains outside.'

Napangisi si Klyde, "Deal iyan, ah." lumapit si Klyde sa akin saka ulit nagsalita "Wag na wag mong babawiin iyang sinabi mo dahil paghihirapan ko talagang ma-achieve 'yung mga request mo gaya ng paghihirap ko para lang makuha ka." tapos bigla niyang hinalikan ang noo ko "Diyan ka muna, babe. Babalikan kita after a minute or two."

"Ha?" naguguluhan kong sagot.

"Ay, nakalimutan kong lagyan ng ness 'yung words. Basta. Sabi ko magbibihis lang ako at may pupuntahan tayo. Sayang iyang suot mo kung 'di matutuloy ang date na inaasahan mo," muli siyang napangisi "Kung 'di ka kayang i-date ni Kuya pwes ako kaya kitang i-date. Kahit araw-araw pa. Ibibigay ko sa'yo 'yung mga bagay na 'di kayang ibigay ni Kuya sa'yo. You deserve everything, Althea. You deserve the happiness that you always wanted."

"Minumura—" napatigil ako sa pagsasalita dahil inilapat ni Klyde 'yung kamay niya sa labi ko.

"Sssshh, 'di kita minumura." sagot niya habang nakangiti. "Kasi magmula sa araw na ito mamahalin kita ng buong-buo. Napagdesisyunan ko na ikaw na talaga ang babaeng para sa akin. So watch out, I'll make you fall inlove with me. Because if you fall with me, I'll fall even harder with you."

Tinignan muna ako ni Klyde ng ilang segundo habang nakangiti saka siya tumalikod at lumabas ng pintuan. Naiwan akong nakatunganga sa ere dahil sa sinabi niya na 'di ko naintindihan. Sigurado akong 'di niya ako minumura tulad ng sabi niya. Ano iyung narinig kong pol pol na sinabi niya? Apol pie? Masarap 'yun, ah. Bigla tuloy akong nagutom.

"Oink! Oink!" napatigil ako sa pag-iisip ng magsalita si Majinbu. Pag lingon ko sa kanya nasa may kama na siya at nakahiga. Ang sabi niya 'Boto ako kay Klyde.'

"Boto ka sa kanya? Tumatakbo ba siyang presidente?"

"Oink! Oink!" kaso bigla raw siyang naawa kay Klyde. Ang bobo ko raw kasi.

"Namo, Majinbu. Namo." sagot ko at inirapan niya lang ako.

Maya-maya pa bigla kong narinig na muling bumukas ang pintuan. Pag tingin ko si Klyde na nakaayos na. Todo-porma na siya. Naka-puting v-neck shirt siya na hapit sa katawan niya tapos shade. Napatingin tuloy ako sa kisame ng kwarto ko para hanapin ang araw pero wala naman. Anong kaartehan ni Klyde iyan? Pero dedmaness nalang kasi ang gwapo-gwapo ni Klyde sa porma niya.

"Tara na?" pagtatanong niya.

"Saan tayo pupunta?"

"Sa date." nakangiti niyang sagot. "Tayo ang mag di-date. May ipapakita rin ako sa'yo."

"Pilitin mo muna ako." pag-iinarte ko.

"Please, Althea. Mag date tayo. Sumama ka sa akin ngayon." napanguso pa si Klyde. Kaynis. Ang cuteness niya. Sarap kagatin ng pisngi niya.

"Sige na nga." ngumiti ako.

Lumabas na kaming dalawa ng kwarto ni Klyde at binilinan ko naman si Majinbu na 'wag lalabas ng kwarto ko saka hintayin nalang ako makarating. Tutal sinabi naman ni Klyde na mabilis lang kaming dalawa. Nagtataka rin si Klyde kung paano ko raw naiintindihan ang sinasabi ni Majinbu at kung paano kami nagkakaintindihan nito. Ang sabi ko nalang ganun talaga kapag snob sa personal. May powerness.

Nakalabas na kami ng mansion ni Klyde nang makita naming dalawa si Elton na papasakay na sana ng kotse niya na gawa sa gagamba. Mukhang paalis na siya papuntang kumpanya. Seryoso itong nakatingin sa amin ni Klyde. Akala ko dededmahin niya lang kami pero hindi. Lumapit siya sa amin ni Klyde habang nakakunot ang noo niya.

"Saan kayo pupunta?" seryoso niyang tanong sa akin.

"Sa pupuntahan," sagot ni Klyde saka nauna ng sumakay sa loob ng itim niyang sasakyan. "Althea, tara na."

Tumango ako, "Sandali lang." sabi ko saka tumingin kay Elton. "Kailan balik ni Lolo Andres?"

"Next week." sagot ni Elton. "Teka nga. Sagutin mo ang tanong ko. Saan kayo pupunta?"

"Mag di-date," nakangiti kong sagot "Kapag balik ni Lolo Andres may sasabihin ako sa kanya."

Napalunok si Elton, "Ano?"

"Ikaw ba si Lolo Andres? Bakit sa'yo ko sasabihin?" pambabara ko "Sasabihin ko ng hindi na itutuloy ang kasalan nating dalawa. Wala namang point para ituloy 'yun. May mahal kang iba. Dapat siya ang pakasalan mo. Susuportahan ko kayo," biglang kumirot ang puso ko. "Kasal-kasal. Tse. Baka pasakal."

"Yun ba ang gusto mo?" tugon ni Elton na wala man lang akong nabakas na emosyon na makita sa mukha niya. Blangko lamang ito at parang 'di natinag sa sinabi ko.

Marahil tama nga si Klyde na walang pakialam si Elton. Sabagay paano siya magkakapake sa akin kung may ibang babae siyang pinapakialaman, 'di ba?

Hirap akong napatango, "Oo. Yun ang gusto ko."

"Good." sagot ni Elton. "Mabuti naman naisip mo 'yan." huli niyang sinabi saka tumalikod na at naglakad papunta sa kotse niya na 'di man lang ako nililingon.

Nakatitig lang ako kay Elton nang maramdaman kong tutulo na naman ang mga luha ko kaya bago pa sila lumabas agad na akong pumasok sa loob ng kotse ni Klyde.

"Iiyak mo lang 'yan," seryosong pagsasalita ni Klyde "Hindi masama kung iiyak ka."

"Hindi ako iiyak." sagot ko. "Hindi ako iiyak dahil wala namang dapat iiyak." pero naramdaman ko nalang na muli na namang umagos ang mga luha ko. Nyetang Elton 'to. Palagi nalang pinapaiyak ang bobitang Promdi Girl na kagaya ko. Huhubellsssszzzzz.

==========

Chapter 25

Suggest naman kayo ng pangalan ng babae at lalaking biik! Thanks! :)

Commentness and updateness. Bobitang Althea is back! :p

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 25

Walang gana kong inilibot ang mga kyot kong mga mata sa paligid na pinagdalhan sa akin ni Klyde ngayon. Hindi ko na mabilang kung pang-ilan na ito sa magagandang lugar na pinuntahan namin simula ng magsimula ang date naming dalawa. Bukod kasi sa nakakatamad magbilang, hindi rin palabilang ang mga snob sa personal at plastic na kagaya ko. Hindi naman kasi kami tinuruan sa PABEBE elem noon na kailangan magbilang ng magagandang lugar. Ang itinuro lamang sa amin kung papaano kumain ng mamon ng tama at magpa-cuteness sa mga cuteness na mga boyssxzzzz.

Ang tangi ko lang lang alam na eksaktong bilang ay kung ilang beses na akong sinaktan, pinaiyak, hinalikan, at pinagsamantalahan ni Elton ang kahinaan ko bilang babae—jokeness, basta 'yung tatlo lang. Hindi kasama iyung huli. Hindi iyun mangyayari at mukhang 'di na talaga kahit mangyayari kahit na kainin ko pa si Majinbu ng buhay dahil ayaw talaga sa akin ni Elton bhe. Hindi ko talaga alam kung

bakit niya ayaw sa akin. Wala ba siyang taste?

Maganda naman ako. Marami akong manliligaw sa probinsya noon na 'di ko sinagot kasi nga hard to getness ako saka snob nga sa personal. Kaya iyung loveness na naramdaman nila sa akin naging hateness na. Naging haterness ko iyung mga kuya niyo.

May talent din naman ako. Madalas kaya akong manalo sa patimpalak sa probinsya noon. Habulang biik. Agawang saklay ng pilay. Tumbang preso pero ang palagi kong tinutumba iyung mga kalaban ko.

Boom-sak pero lalamunan ng kalaro ko iyung sinasaksak ko hanggang mamaga lalamunan nila.

Habulan tsinelas pero iyung tsinelas na mahahabol ko sinasampal ko sa mukha ng kalaro ko hanggang sa magmukha ng swelas ng tsinelas niya ang mukha niya. O, 'di ba? Ang talentfulness ko kaya. Bakit ba ayaw sa akin ni Elton bhe? Sabihin niyo nga sa akin kung bakit ba ayaw niya sa akin?

Love is blind ba talaga kaya hindi ako nakikita ni Elton bhe? Pero kung totoo man ang kasabihang love is blind bakit iyung kaklase kong si Love sa PABEBE elem noon hindi bulag. Malandi lang. Sa susunod nga na makita ko iyung si Love bubulagin ko na talaga para mapangatawanan na ang kasabihang Love is blind. 'Yang love na 'yan pinag-iinit ang ulo ko, 'e. Siya talaga ang may kasalanan kung bakit 'di ako pinapansin ni Elton bhebhe ko.

Bigla akong napangiti ng mapakla nang dahil sa mga dahilan kung bakit 'di ako napapansin ni Elton at hindi nagugustuhan. Alam ko naman kung bakit, 'e. Ayoko lang tanggapin. Ayoko lang aminin sa sarili ko 'yung kaisa-isang dahilan kung bakit 'di niya ko magawang mapansin.

May girlfriend nga kasi siya, 'di ba? At iyung girlfriend niya na 'yun lang ang babaeng mahal na mahal niya at gusto niyang pansinin sa tanang buhay niya. Punyemas. Bakit ba kasi ako umaasa na mapansin ako ni Elton? Bakit ba ako umaasa na magugustuhan niya rin ako?

Umasa tuloy ako, nasaktan, nagselfie—jokeness ulit, walang camera ang phone ko kaya 'di ako makakapag-selfie. Punyemas na buhay talaga 'to. Ang sarap magsunog ng malalandi.

Napahugot ako ng malalim na buntong hininga nang maramdaman ko na namang kumirot ang boobs—este puso ko nang dahil sa mga iniisip ko. Si Elton lang talaga ang nakakapagpakirot ng puso ko nang makilala ko siya. Ang unfair lang, 'e. Kaya niyang pakirutin ang puso ko pero ang puso niya iba ang gusto niyang kumurot. Osiya, betlog niya nalang kurutin ko. Isama na natin putotoy niya.

"Tapos ka na bang mag monologue?" biglang nagsalita si Klyde na nakaupo sa gilid ko.

"Hindi pa," sagot ko "Wag kang magulo diyan. Nag se-senti ako. Panira ka ng moment, 'e."

Nasa may seaside kaming dalawa ng Mall Of Asia nakaupo habang pinapanood ang papalubog na araw. Mabuti pa 'tong araw papalubog na pero itong nararamdaman ko para kay Elton bhe hindi pa rin lumulubog. Paangat pa kamo ng paangat. Nakakalungkot lang dahil imbis na maging maligaya ako hindi, 'e. Patuloy lang akong nasasaktan nang dahil kay Elton bhe. Patuloy niya lang akong sinasaktan.

Ang ganda ng tanawin sa harapan namin. Pero hindi ko ito ma-appreciateness. Si Elton pa rin ang nasa utak ko kahit ang kapatid naman niya ang kasama ko ngayon. Si Elton ba naiisip din kaya ako sa mga oras na 'to? Punyemas, Althea Josefa. Mag hunos-dili ka. Puro ka Elton. Puro 'yung lalaking matambok ang pwetan na iyun ang iniisip mo 'e wala ngang pakialam sa iyo iyun. Nakita mo ng nang sinabi mong sasabihin mo kay Lolo A na iuurong mo ang pagpapakasal kay Elton umalma ba siya? Hindi, 'di ba? 'Wag mo saktan ang sarili mo. Hindi ka iginipang sa hirap ng Lolo mo para lang masaktan ng ganyan. Wala siyang pakialam sa'yo. WALA. WALA. WALA.

Saka ko sinampal ng malakas ang sarili ko.

Mukhang nagulat si Klyde sa ginawa kong pagsampal sa sarili ko kasi gulat siyang napatingin sa akin. Bago pa siya makapagsalita inunahan ko na siya.

"O, 'wag ka ng magsasalita. 'Wag mong sirain pag da-drama ko," saad ko "Nag-uusap kami ng sarili ko. Naiintindihan mo ba?" napatango-tango siya. "Good!" saka ako bumalik sa pag se-senti ko.

Panirang Klyde 'to. Napairap nalang ako sa kawalan.

Nasaan na nga ba ako? Ayan! Nakalimutan ko na kung anong dinadrama ko ngayon. Itong si Klyde kasi, 'e. Hindi marunong makisama. Hindi nalang manahimik at pagmasdan kung gaano ako kaganda. Kailangan pang tumingin sa akin na may gulat sa mukha niya. Gulat na gulat ba siya sa kagandahan ko?

Marahan kong hinampas si Klyde sa braso niya. Wow. Ang tigas. Muscle overloadness.

"Hayan! Nakalimutan ko 'yung dinadrama ko. Ikaw kasi, 'e." paninisi ko sa kanya. Napanguso pa ako para kyot ako tignan habang inaaway siya kunwari.

"O, anong ginawa ko? Nananahimik nga lang ako rito sa tabi mo, 'e."

"Tumingin ka kasi sa akin. Nawala tuloy 'yung iniisip ko." pagdadahilan ko.

Napatitig si Klyde sa akin saka napabuntong hininga, "Siya pa rin 'yung iniisip mo?"

"Hindi ko iniisip si Elton. 'Wag mo ko pagbintangan." napairap ako.

"Hindi ko naman sinabing si Kuya ang iniisip mo pero siya ang lumabas sa bibig mo," napatigil ako "Nakakalungkot lang dahil ako ang kasama mo ngayon pero siya pa rin ang laman ng utak mo."

Napatingin ako kay Klyde at nakita ko siyang nakangiti pero malungkot na ngiti ito. Saka siya umiwas ng tingin at itinuon nalang ang pansin sa tanawin na nasa harapan namin. Ang lungkot-lungkot niyang tignan na parang nasaktan bigla. Saan siya nasaktan? Sa paghampas ko ba sa braso niya?

"Ang dami na nating napuntahan pero hindi ka masaya. Hindi ka man lang ngumiti," nagpatuloy siya sa pagsasalita pero hindi ako tinitignan "Ang lungkot mo lang. Mula ng umalis tayo ng mansion kanina ang lungkot mo. Gusto kitang pasayahin pero 'di ko alam kung sa papaanong paraan. Parang wala akong kakayahan na pasayahin ka."

"Hindi mo naman ako kailangang pasayahin, 'e." mahina kong sagot.

Seryosong tumingin sa akin si Klyde, "Kailangan, Althea. Kailangan. 'Yun ang ginagawa ng isang tao kapag nakikita niyang malungkot iyung taong mahal niya." buong loob niyang sagot sa akin "Pero useless lang iyung pinapakita ko dahil si Kuya Elton pa rin ang napapansin mo. Ang unfair lang dahil wala naman siyang ginagawa pero siya pa rin laman ng utak mo. Paano naman ako, Althea? Paano naman 'yung effort ko?"

Napakagat ako sa sarili kong labi dahil sa mga salitang binitiwan ni Klyde. Parehas lang ata kami ng nararamdamang dalawa. Anong karapatan kong iparanas sa kanya iyung mga nararanasan ko sa Kuya niya? Nanatili nalang akong tahimik dahil wala akong maisagot.

Nagpatuloy si Klyde sa pagsasalita, "Althea, kahit anong gawin mo hindi ka talaga magugustuhan ni Kuya." masakit pero totoo niyang pagsasalita "Alam mo kung bakit?"

"Dahil may girlfriend siya?"

Napailing si Klyde, "Tama ka."

Ang gulo, ah. Napailing siya pero tama raw ako. May sayad ba 'tong si Klyde?

"Umiling ka pero tama ako? May sayad ka ba?" seryoso kong sagot.

Napangiti si Klyde pero hindi malapad. Kaunti lang. Mga ganitong ngiti. c: ganyan lang.

"Bukod sa may girlfriend siya meron pang ibang dahilan."

"Ano?" bigla akong kinabahan dahil biglang nag seryoso ang mukha ni Klyde.

"Dahil kahit anong mangyari hindi niya hihiwalayan si Jeninna," tugon niya "Alam mo bang magkakaanak na sana silang dalawa ni Kuya?"

"Hindi ko alam. Pero ngayon alam ko na kasi sinabi mo na, 'e." napatakip ako ng bibig ko dahil sa gulat "Totoo ba 'yan? Magkakaanak na sana sila? Paano? Ano nangyari sa bata?"

"Nalaglag 'yung baby na pinagbubuntis ni Jeninna." tumingin sa malayo si Klyde "Nag break silang dalawa 'nun kaya hindi alam ni Kuya na buntis ang girlfriend niya. Nang malaman niya umiyak siya ng umiyak. Sinisisi ang sarili niya dahil sa nangyari. Pakiramdam ni Kuya siya ang may kasalanan dahil nakipaghiwalay siya kay Jeninna. Until then, mula nang magkabilang silang dalawa, pinangako niya sa sarili niya na kahit anong mangyari hinding-hindi niya na hihiwalayan si Jennina. Natatakot na siya sa posibilidad na mangyari."

Naramdaman kong tumulo 'yung luha ko dahil sa nalaman kong nangyari. Parang gusto kong umuwi ngayon at yakapin ng mahigpit si Elton para maki-simpatya sa naranasan niyang masakit na pangyayari sa buhay niya. Alam kong sobrang sakit iyun sa parte niya dahil sana. . . sana magiging ama na siya pero hindi natuloy dahil biglang nawala 'yung magiging anghel sana ng buhay nilang dalawa ni Jeninna.

Marahil kaya ganun kamahal ni Elton ang girlfriend niya dahil ito na sana ang magiging ina ng unang anak nilang dalawa. Siguro rin kaya ganun niya kamahal si Vanessa Hudgens dahil natatakot na nga talaga siya sa posibilidad na mangyari kapag nagkahiwalay silang dalawa. Natatakot na siya na pati ito mawala pa sa kanya.

Pinaghalong inggit, lungkot, at awa ang nararamdaman ko para kay Elton at Jeninna. Ngayon, alam ko na kung bakit ayaw matuloy ni Elton iyung kasal na mamamagitan sa aming dalawa. Bukod kasi na si Paris Hilton lang ang mahal na mahal niya, ito rin kasi ang gusto niyang maging ina na magiging supling nilang dalawa sa hinaharap. Wala talaga akong laban dahil umpisa palang ng laban, talo na ako.

Ano pang saysay ng paglaban ko kung hindi naman ako sundalo at kung iyung taong gusto kong ipaglaban 'e may ibang tao namang ipinaglalaban.

Dota nalang, oh.

O, kaya COC. Clan war na dizzzz.

"Bakit ka umiiyak?" nagtatakang tanong sa akin ni Klyde.

"Nakakaiyak kaya 'yung kwento mo," sagot ko habang umaagos ang mga luha ko, "Naaawa ako kay Elton. Parang naramdaman ko iyung naramdaman niyang pighati nang mawalan siya ng anak. Ang sakit lang 'nun dahil hindi niya pa nakikita 'yung baby niya pero

binawi na ito agad. Ang sad, bhe."

Kumunot ang noo ni Klyde, "Kinuwento ko sa'yo 'yun para isipin mo na wala ka talagang mapapala sa kakaasa kay Kuya." biglang nainis si Klyde sa 'di ko alam na dahilan "Hindi para maawa ka sa kanya. Sarili mo naman ang isipin mo, Althea. Hindi puro nalang si Kuya. May ibang mahal si Kuya. May iba siyang masasandalan kapag nasaktan siya. E, ikaw? Kanino ka sasandal?"

"Sa sandalan. Saan pa ba?" tugon ko "Saka, ba't ka naiinis diyan? Hindi ba dapat malungkot ka rin at sumipatya sa nararamdaman ni Kuya mo dahil nawalan siya ng anak? Pamangkin mo 'yun, Klyde. Pamangkin mo 'yun. Masakit mawalan ng mahal sa buhay."

"Ba't ako maaawa kay Kuya kung 'yung sarili nga naming mga magulang hindi niya iniyakan ng mawala sa amin?" kitang-kita ko 'yung hinanakit sa mga mata ni Klyde. "Palagi nalang si Kuya ang iniintindi niyo. Paano naman ako? Paano naman ang sarili ko?" napaiwas ng tingin si Klyde "Si Kuya kahit walang ginagawa napapansin siya. E, ako? Kailangan ko pa gumawa ng kalokohan para lang mapansin ng tao sa paligid. Kailangan pang maging gago para makakuha ng atensyon. Walang—"

Napatigil si Klyde sa pagsasalita dahil bigla akong napatayo at mabilis siyang sinampal. Napahawak siya sa sarili niyang pisngi at napatingin sa akin. Gulat ang mukha. 'Yung mga tao sa paligid namin napatingin na rin sa amin dahil sa eksenang sampalan.

Binalingan ko ng tingin 'yung mga tsismosa sa paligid, "Ano? Gusto niyo rin ng sampal ko?" itinaas ko 'yung kanang kamay ko kaya bigla silang napaiwas ng tingin. "Akala ko gusto niyo rin, 'e. Mga tsismosang mga 'to. Hindi nalang maglandian diyan sa tabi-tabi." Iritado kong pagsasalita.

"Bakit mo ko sinampal?" galit na tugon ni Klyde kaya siya naman ang tinignan ko.

"Nagagalit ako dahil hinuhusgahan mo ang Kuya mo," giit ko "Wala kang alam sa nararamdaman sa Kuya mo, Klyde. Wala kang alam." galit na galit ako habang nakatingin sa kanya. "Akala ko tapos na tayo sa issue na 'to pero hindi pa rin pala. May hinanakit ka pa rin sa kanya. Klyde, umiyak ang Kuya mo. Sino bang tarantado ang hindi iiyak kapag nawalan ng mahal sa buhay? Hindi lang niya ipinakita sa inyong mga kapatid niya ang pagluha niya dahil ayaw niyang isipin niyo na pati siya mahina. Gusto niya sa mahirap na sitwasyon sa kanya kayo kakapit. Gusto niyang ipakita na malakas siya pero ang katotohanan, tulad niyo, nasaktan din siya."

Napatigil ako dahil hinahabol ko ang hininga ko. Lecheng 'yan. Ang haba ng dialog ko na 'yun, ah. Saka muli akong nagpatuloy.

"Nawala ang mga magulang niyo. Nawawala ang Kuya Erwin niyo. Paano mo ine-expectness na madadala ito lahat ng kuya Elton mo? Ha, Klyde?" nakatitig lang si Klyde sa akin "Tulad mo rin palaging kinukumpara si Elton kay Erwin. Palaging sinasabi ng tao sa paligid na mas magaling si Erwin. Pero nakita mo bang nagloko si Elton? Hindi, 'di ba? Ikaw lang ang makakaalam niyan dahil nakatira kayo sa iisang

bubong."

"Ano bang alam mo, ha, Althea? Ano bang alam mo sa nararamdaman ko? Hindi mo alam 'tong nararamdaman ko dahil hindi ka pa nawawalan ng mahal sa buhay," napatigil ako sa sinabi ni Klyde "Nagagalit ako kay Kuya dahil hindi siya nahihirapan ng mawala ang mga magulang namin. Habang kami, nasasaktan. Nabibigatan sa nararamdaman."

Napangiti ako ng malungkot, "Nahihirapan din ang Kuya Elton mo, Klyde. Hindi lang siya showy sa nararamdaman niya pero sigurado akong nahihirapan siya kung mag-uusap lang kayo," sagot ko "Saka, ano bang alam ko sa nararamdaman mo? Klyde, bago ako dumating sa Manila at sa mansion niyo kamamatay lang ng Lolo ko. Iyung lolo ko na nagpalaki sa akin na kaisa-isa kong pamilya nawala na sa akin. Pero hindi ako nagloko. Hindi ako naging tarantado. Naging snob lang sa personal at plastic."

Napalunok si Klyde. Mukhang nagulat sa mga sinabi ko, "Nagsisinungaling ka." sabi niya "E, ang mga magulang mo?"

"Patay na sila bago palang ako magkaisip," malungkot kong tugon "Kaya mong sasabihin sa akin na wala akong alam sa nararamdaman mo dahil hindi pa ako nawawalan dahil kumpara sa'yo, mas malalim na sugat ang nakabaon sa puso ko. Kumpara sa'yo, 'yang hinanakit mo, ay wala pa sa kalingkingan ng mga hinanakit na naranasan ko." pinunasan ko 'yung luha ko. "Mabuti ka nga may Lolo Andres ka pa. May hindut na bayut. May piping baby Chris. May Elton bhe pa sa buhay. E, ako? Wala. Tanging malanding biik lang ang karamay sa buhay."

"Kung wala ka ng pamilya san mo dinala 'yung perang nakuha mo sa Lolo ko? 'Yung perang ibinayad sa'yo para mapapayag na pakasalan si Kuya Elton?" seryosong tanong ni Klyde. Parang naloloka siya sa mga sinabi ko.

Napakunot ang noo ko, "Perang ibinayad sa akin ni Lolo A? Pinagsasabi mo? Wala naman siyang binabayad. 'Yung binigay niya sa akin donasyon para sa pangpalibing ni Lolo Philip ko," saad ko "Saan niyo ba nakuha iyang ideya na 'yan? Halos lahat iyan ang sinasabi sa akin. Hindi naman ako bayaran, 'no!"

"So, hindi mo alam na ipapakasal ka kay Kuya?" muling pagtatanong ni Klyde.

Umiling ako dahil pretty ako, "Hindi. Nalaman ko lang nang mapunta ako rito sa Manila at sa mansion niyo. Ang alam ko kasi trabaho ang ibibigay niya sa akin at hindi asawa," tugon ko "Kaya nagulantang nalang ang prettyness kong pagkatao nang malaman ko iyun. Kasunduan dawn g mga matatanda."

"Fuck," napayuko si Klyde habang hawak-hawak niya ang sarili niyang buhok na parang naguguluhan, "Hindi ko alam. I thought. . .I thought."

"Bakit? Anong alam mo?" nagtataka kong tanong sa kanya.

Napatingala siya sa akin, "Marami na wala palang katotohanan. Bullshits." tumayo siya saka nauna ng naglakad palayo sa akin.

"Hoy! Saan ka pupunta? Iiwan mo ko rito?" sigaw ko.

Huminto siya saka humarap, "Bilisan mo. Akala ko naman susunod ka kagad. Tanga naman nito."

Nagulat ako dahil bigla niya akong tinawag na tanga. Parang for a momentness, ibang Klyde na itong kaharap ko. Nasaan na napunta 'yung Klyde na kanina lamang ay todo pangako sa akin ng kung anu-ano? Nasaan na 'yung tumatawag sa akin ng babe? Walangya. Ngayon, tinatanga-tanga nalang ako. Wala talagang maasahan sa mga lalaki. Pagtapos kang pangakuan na ibibigay sa'yo ang b'wan, ang iiwan naman puro hinanakit at perwisyo sa buhay.

Tahimik nalang kaming dalawa ni Klyde nang bumabyahe kaming dalawa pauwi sa mansion. Seryoso siya sa pagmamaneho habang kunot ang kilay. Anyare sa kanya? Hindi ko alam. Parang pagtapos ko sabihin sa kanya na wala na naman akong pamilya biglang nagbago 'yung pakikitungo niya sa akin. Ang bilis sabihin na mahal niya ako at siya nalang ang piliin ko pero bigla siyang nagbago. Poserness lang ba siya?

Hindi ko nalang pinakialaman si Klyde habang nag mamaneho siya. Bigla na naman kasing sumagi sa isipan ko si Elton. Itong Elton na 'to pasok ng pasok sa utak ko kahit pinagbawal ko na. Tresspasingness 'yan, ah. Dapat papasukin niya rin ako sa utak niya para fair. Kasi kung 'di niya ako papapasukin unfair 'yun, 'di ba? Ang talino ko talaga tapos bobita pa.

Nakarating na kami ng subdivision at ng mansion makalipas ng ilang minuto. Napansin ko nga rin 'yung pag-ulan ng malakas. Mabuti nalang nakauwi na kami bago pa bumuhos ang ulan at dumilim.

Naunang pumasok si Klyde sa mansion na 'di man lang ako hinihintay. Nagmamadali siya. Bakit kaya? Sumunod nalang din ako.

Pag pasok ko sa loob naabutan ko si Chris at Klode na nasa sala. Kasama ni Klode ang biik na nakakandong na naman sa kanya. Pare-parehas silang napatingin sa akin.

"Saan kayo nanggaling ni Klyde?" tanong ng hindut na bayut.

"Diyan lang sa tabi." sagot ko naman saka tumingin kay Majinbu. "Oy! Paano ka nakalabas sa k'warto? Sabi ko, 'di ba, hintayin mo lang ako 'dun?"

"Oink! Oink!" pagsagot ni Majinbu. Kinuha raw siya ni Klode.

"Kaya pala todo ngiti ka na naman diyang biik ka," sagot ko "Ang landi-landi mo. Pero ayos lang. Gusto ko happy ka. Mwahahaha." Inirapan lang ako ni Majinbu.

"Teka lang, ah. Kakausapin ko lang si Klyde." pagpapaalam ko sa kanila.

Gusto kong makausap si Klyde dahil sa biglaan niyang pagbabago ng pakikitungo sa akin. Hindi ko alam kung may nasabi ba akong mali na kinagalit niya kanina. Parang kanina ang sweet-sweet niya sa akin pero nang matapos ang usapan namin naging malamig na pakikitungo niya sa akin.

Umakyat ako ng hagdanan at dali-daling pumunta sa k'warto ni Klyde. Nang nasa tapat na ako ng pintuan kakatok sana ako pero napansin kong hindi nakasarado ng maigi ang pinto niya. Isasarado ko sana ito para makakatok ako ng maayos pero nakarinig ako ng boses sa loob. Parang may kausap si Klyde.

"Dude, cancelled na pustahan natin. Oo, ayoko na. Ayoko ng ituloy. Yes. Nagbago na isip ko. Ayoko ng pagtripan 'yung Promdi Girl. Hahaha. Gago. Oo na magbabayad na ako. Itititigil ko na pagpapanggap na kunwari gusto ko siya. Hindi ko na kaya, 'e." napatigil si Klyde. "Oo, gago. Kilala mo ako. Hindi ako marunong ma-inlove. Laruan lang ang babae para sa akin. Mabuti na rin na itigil 'tong kalokohan natin kaysa naman tuluyan ng mahulog sa akin 'yung tanga-tangang probinsyana na 'yun."

Bigla kong binuksan ng malakas 'yung pintuan ng kwarto ni Klyde kaya siya napatingin sa akin at napatigil sa pagsasalita sa cellphone niya. Gulat ang mukha niya. Hindi niya ata inaasahan na maririnig ko 'yung usapan nila ng kung sino mang punyemas na kausap niya sa cellphone niya. Namutla si Klyde.

"Totoo ba?" pagsasalita ko habang patuloy na umaagos ang mga luha ko. "Totoo bang pinagtitripan mo lang ako ng mga barkada mo?" hindi ko maramdaman ang sarili kong boses. Basag na ito dahil sa pagluha ko. Pakiramdam ko ang tanga-tanga ko sa mga oras na 'to.

"Althea, makinig ka." kinakabahan si Klyde. Lumapit siya sa akin.

"Wag kang lalapit," pagbabanta ko kaya siya napatigil. "Sagutin mo ang tanong ko.Totoo bang pinagtitripan niyo lang ang tanga-tangang probinsya na katulad ko?"

Naging seryoso ang mukha ni Klyde, "Yes. Pero—"

"Stopness! Wag ka ng magpaliwanag dahil alam kong kasinungalingan na naman iyan," napasigaw ako "Bakit, Klyde? Ano bang nagawa ko sa'yong mali? Ano bang kasalanan ko sa'yo para maging produkto ng katatawanan niyong magkakaibigan? May nagawa ba akong masama sa'yo?" hindi ko na mapigilan ang luha ko. Palagi nalang akong napapaiyak ng mga falcon. "Mabuti nalang hindi ako naniwala sa mga pinagsasabi mo. Mabuti nalang hindi ako naniwala sa mga pangako mo dahil tiyak mas malalim na sugat ang ilalagay mo sa puso ko."

Hindi nakapagsalita si Klyde. Napayuko lang siya. Guiltyness siguro ang tarantado.

"Makinig ka ng maigi sa sasabihin ko," muli akong nagsalita. Pinunasan ko ang luha ko, "Isang araw makakahanap ka ng katapat mo. Makakakilala ka ng isang babae na magpaparanas sa'yo kung gaano kasakit ang masaktan. Isang babae na wawasak sa puso

mo. Isang babae na lubus-lubusan mong mamahalin pero hindi ka kayang mahalin pabalik dahil siya ang karma mo." pagbabanta ko "Isang araw, yang paglalaro mo sa pag-ibig, 'yan ang ikakabagsak mo. Dahil ikaw naman ang paglalaruan ng pag-ibig." Huminga ako ng malalim. "Yun lang. Kthnxbye."

Tumalikod na ako saka tumakbo pababa nang maramdaman kong naiiyak na naman ako. Narinig kong tinatawag ako ni Klyde at hinahabol kaya mas lalo kong binilisan ang pagtakbo ko pababa. Ayoko siyang makausap ngayon. Ayoko siyang makita. Naiinis ako. Baka masapak ko siya. Ang sakit. Superness ang sakit.

Nasa may ibaba na ako nang makita ako ni Klode na umiiyak. Napatayo siya at tinanong ako kung bakit ako umiiyak pero 'di ko siya sinagot. Tumakbo ako palabas ng mansion kahit malakas ang ulan. Hindi ko alam kung saan ako pupunta pero kailangan ko makalayo. Kailangan ko makalayo kay Klyde.

"Althea! Sandali lang!" sigaw ni Klyde nang nasa labas na ako ng mansion. Nakasunod pa rin ang tarantado sa akin. Parehas na kaming dalawa basang-basa ng ulan.

"Oink! Oink!" narinig kong sumigaw din si Majinbu. Nakasunod din ang biik. Mukhang nag-aalala siya kung bakit ako umiiyak.

Pero wala ni isa sa kanila ako nilingon. Patuloy lang ako sa pagtakbo palabas. Nasa may gate na ako at papabukas ito. Nakita kong papasok ang kotse ni Elton bhe. Napahinto ang kotse ni Elton nang makita niya akong tumatakbo palabas. Mukhang naguguluhan siya kung bakit.

Kahit malakas ang ulan sige pa rin ako sa pagtakbo. Patuloy pa rin sa pagluha. Mga luhang buhat ng sakit sa narinig kong sinabi ni Klyde. Tanga-tangang probinsyana raw. Ang tanga-tanga ko talaga.

Nang tuluyan na akong nasa labas napahinto ako sa paglalakad. Ang sakit na ng mga paa ko. Ang sakit ng mga mata ko sa kakaiyak. Pero higit sa lahat ang sakit ng puso ko.

Nakatayo lang ako sa kalsada nang may makita akong kotse na matulin ang takbo. Sa sobrang lakas ng ulan marahil hindi ako nito mapapansin. Wala akong ganang umiwas. Gusto ko nang magpakasagasa para mamatay. Gusto ko ng matapos ito. Gusto ko nang—

"Oink! Oink!!" narinig kong sigaw ni Majinbu kasunod ng pagtulak niya sa akin gamit ang ulo niya para mapapunta ako sa kabilang kalsada.

Nangudngod ako sa kalsada dahil sa lakas ng pagtulak ni Majinbu sa likuran ko. Pero hindi ininda ko iyun dahil kinabahan ako sa narinig kong malakas na kalabog. Dahan-dahan akong napatingin sa likuran ko at nakita kong nakatigil na 'yung kotse na sasagasa sana sa akin. Sa harapan ng kotse nakita kong nakahiga si Majinbu sa kalsada habang binubuhusan ng ulan na galing langit.

"Majinbu," pag banggit ko ng pangalan niya. Nagmamadali akong pumunta kay Majinbu.

Napatakip ako sa bibig ko nang makita kong nanginginig ang buong katawan ni Majinbu. Yumuko ako. "Uy, Majinbu. Tigil na. Tumayo ka na diyan. Hindi nakakatuwa na nakahiga ka diyan sa kalsada."

Tinapik-tapik ko 'yung katawan ni Majinbu hanggang sa makita kong dahan-dahan tumigil ang pagnginig ng katawan niya. 'Yung lalaking nagmamaneho ng kotse biglang napalabas ng sasakyan niya pero 'di ko siya pinansin.

"Majinbu," muli kong tinapik ang katawan ni Majinbu. Napansin kong may umaagos na kulay pula mula sa ulunan niya. Pag hawak ko rito nakumpirma kong dugo ito. Ang daming dugo na lumalabas sa ulo ni Majinbu. "Majinbu, tumayo ka diyan. Hindi na ako natutuwa." Naiinis pero kinakabahan kong sabi kay Majinbu. Pero 'di pa rin siya tumatayo. Nakahiga pa rin siya sa kalye.

"Promdi Girl, anong nangyari?" napatingalan ako nang makita ko si Elton na nasa harapan ko na. Basang-basa na rin siya ng ulan pero mababakas sa mukha niya 'yung pag-aalala. Sa likuran niya andun si Klyde na nakatayo. Gulat din sa nangyari.

"Si. . .Si Majinbu, Elton." muli na naman akong napaiyak. "Si. . Majinbu."

Yumuko si Elton at tinignan si Majinbu. Hinawakan niya ang mukha ni Majinbu saka isinarado ang mga mata nito. Malungkot na napatingin si Elton sa akin, "He's gone. Patay na siya, Althea."

"Hindi!!!" napasigaw ako. "Hindi pa patay si Majinbu!!!" sinigawan ko si Elton. "Nagsisinungaling ka! Nagsisinungaling kayong lahat! Gusto niyo lang akong saktan!! Buhay pa si Majinbu!!" sigaw ko saka muling tinignan si Majinbu. "Majinbu, ano ba?! Gumising ka nga! Tumayo ka diyan. Naiinis na ako, ah. Hindi ka nakakatawa. Sabi ko walang iwanan, 'di ba? Sabi ko kanina hihintayin mo ako. Sabi ko. . .Majinbu."

"Tigil na," bigla akong yinakap ni Elton nang mahigpit. Pero hindi pa rin nababawasan 'yung sakit na nabaon sa puso ko.

"Elton, Elton. Si Majinbu." pagsusumamo ko sa kanya. "Buhay pa siya, 'di ba?"

Napailing si Elton, "Patay na siya." mahina niyang sagot sa akin na naging dahilan ng pagkawasak ng mundo ko.

Tinignan ko ang katawan ni Majinbu at unti-unti na itong naninigas. Wala na talaga buhay. Patay na talaga si Majinbu. Kanina lang buhay pa siya at nakaupo kay Klode pero ngayon wala. Wala nasiyang buhay. Patuloy pa ring umaagos 'yung dugo na galing sa ulo niya na parang luha ko na umaagos galing sa mga mata ko.

"Majinbu," muli kong pagsasalita "Ang sarap mong i-BBQ!" pagbibiro ko kahit patuloy pa ring lumuluha.

==========

Chapter 26

Baka matagalan ako para sa next update kasi. . . tinatamad kayo mag comment, e. HAHAHA!

ENJOY READING! Alam niyo na gagawin niyo! :D

THAT PROMDI GIRLwritten by owwSIC

Chapter 26.

Nagising nalang ako nang dahil sa sinag ng araw na tumatama sa may bintana ng k'warto ko papunta sa mukha ko. Antok na antok kong iminulat ang kyot pero mga namamaga kong mga mata para sanggain ang nakakasilaw na sinag. Tumayo rin ako sa kama saka isinarado ang punyemas na bintana. Itong bintana na 'to nakikisabay pa sa sama ng gising ko, 'e. Bumalik ulit ako sa kama ko para umupo at mag emoteness. Isinandal ko ang likuran ko sa may dingding at pinagmasdan ang magulo kong k'warto.

Parang dinaanan ng bagyo ang loob ng k'warto ko dahil sa sobrang gulo. Kalat-kalat ang mga damit ko dahil sa pagwawala at matinding paghihinagpis ko kagabi. 'Yung mga unan ko nasa may lapag na. Ang sapin ng kama ko nakatanggal dahil ito ang ginawa kong pamunas ng luha ko.

Tapos 'yung mga maleta ko halos masira na dahil pinagbabato ko rin pala ito kagabi sa sobrang sakit ng nararamdaman ko. 'Yung macbook air ko pati flatscreen TV ko na andito sa kwarto basag-basag din dahil pinagsisipa ko ito-jokeness, wala pala akong macbook air at flatscreen TV dito sa kwarto ko. Napamasimangot ako. Sa sunod nga mag-requestness ako kay Lolo A ng ganun para may mamahaling bagay akong masisira.

Hindi ko alam kung ano ng oras ngayon. Kung umaga pa rin ba o tanghali na. Ang tangi ko lang alam ay mataas na ang sinag ng araw. Wala kasi akong ginawa mula kagabi kundi umiyak ng umiyak lang kapag naaalala ko iyung nangyari kay Majinbu kagabi. Todo pagpapakalma ang ginawa sa akin nila Elton pero hindi nila ako napigilan. Walang nakapigil sa akin.

Walang makakapigil sa akin na kahit na sino. Dahil buhay ko ito kaya iiyak ako at magwawala kung gusto ko. Kung gusto nila umiyak din sila at sarili nila ang pigilan nila. Hindi nila mapipigilan ang tulad kong sa PABEBE elementary nag-aral. Alwaysness Pabebe. Proudness to be Pabebe.

Marahil napagod na sila Elton at Klode kagabi sa akin sa pagpapakalma kaya pinabayaan nalang nila akong mag-isa. Nung iniwan nila ako umiyak lang ako ng umiyak. Pinagluksa mag-isa ang sinapit na trahedya ng malandi kong biik.

Sino nga naman mag-aakalang iyung biik na 'yun na palagi akong dinidedma at ini-snob 'e handa palang isugal ang buhay niya para lang mailigtas ang prettyness na

katulad ko? Sinong mag-aakalang 'yung biik na 'yun pa pala ang magsasalba sa buhay ko? Sinong mag-aakalang. . .mahal pala ako ni Majinbu?

"Oink! Oink!" bigla kong narinig ang boses ni Majinbu.

Napatingin ako sa harapan ko at nakita kong nakatayo si Majinbu at nakatingin sa akin. Nakangiti siya na parang walang nangyari sa kanya. Para siyang buhay na buhay. Pero nang lalapitan ko na siya bigla na siyang nawala. Unti-unting naglaho na parang usok sa harapan ko. Nawala na si Majinbu pero iyung sakit ng pagkawala niya nasa puso ko pa rin at nakabaon.

"Majinbu," pagtatawag ko sa pangalan niya habang lumuluha na naman. "Pisting yawa kang biik ka. Pinapaiyak mo ako ng overloadness. Nakakainis ka, Majinbu. Sabi ko walang iwanan, 'di ba?" pagsasalita ko sa sarili ko na umaasang naririnig ni Majinbu itong saloobin ko para sa kanya.

Napaupo nalang ako sa lapag ng kwarto ko at hinayaan na muling magluksa sa nangyari. Hindi ko pa rin matanggap 'yung sinapit ni Majinbu. Kagabi lang. . . kagabi lang 'nung umuwi ako nakakalong pa siya kay Klode at inirapan pa ako. Tapos. . tapos sa isang iglap lang siya na ang nasagasaan. Nakahandusay na siya sa malamig na kalye habang naliligo na sa pinaghalong tubig ulan at sarili niyang dugo.

Ang sakit lang dahil muli ko na naman naranasan ng kakampi sa buhay. Noong una si Lolo Philip ko. Pero nang dumating si Majinbu sa buhay ko hindi ko na iyun naisip. Nawala 'yung kirot sa puso ko. Pero masyadong excitedness si Majinbu at agad na siyang sumunod kila Lolo sa kabilang buhay. Pinanganak lang ba talaga ako para masaktan at iwanan ng mahal ko sa buhay? Kasi kung ganun hindi nalang ako magmamahal. Para hindi nalang ako masasaktan sa tuwing iiwan nila ako.

Nasa ganun akong pag-e-emoteness nang makarinig ako ng katok mula sa pintuan ng kwarto ko. Hindi ko pa pinapapasok kung sino man 'tong atribida at gumambala sa pag-iyak ko bigla na siyang pumasok. Iniluwa ng pintuan si student kong malungkot din ang mukha. Gaya-gaya, amputness. May dala siyang tray ng pagkain na para sa akin ata. Naalala ko kasing 'di pa ako kumain simula kagabi.

"Anong kailangan mo?" mataray kong tanong kay student "Pagkain ba iyang dala mo? Para sa akin ba 'yan? Hindi pa kasi ako kumakain mula kagabi, e." tanong ko sa kanya.

"Para sa akin 'tong pagkain, ma'am. Kung gusto niyong kumain, kumuha kayo ng pagkain niyo sa kusina," pabalang niyang sagot saka umupo sa harapan ko "Hindi naman kayo lumpo, ma'am, e. Kaya kumuha kayo ng sarili niyong pagkain dahil para sa akin ito. Lumakad kayo hindi iyung puro kayo iyak diyan." sabi niya saka inilapag iyung mga dala niyang pagkain na may takip sa harapan ko.

Hinablot ko 'yung tinidor, "Isaksak ko kaya sa mata mo 'tong tinidor. Hindi pala sa akin iyan pero andito ka. Anong eksena mo?" naiinis kong tanong. "Mang-iinggit ka lang, ganun?"

Napanguso si student na akala mo naman kinaganda niya, "Grabe ka, ma'am. Sadista much." saad niya "Alam ko naman po kasing 'di kayo kakain kahit dalhan ko kayo kaya itong dinala ko ay para sa akin." pagpapaliwanag niya "Pinag-utos din po kasi sa akin ni Sir Elton na i-check kayo oras-oras. E, para ma-check ko kayo dito nalang din ako kakain."

Napatigil ako sa pagsimangot, "May careness sa akin si Elton?" nasiyahan kong tanong.

Tumango si student, "Yes, ma'am. May kidney careness siya sa inyo."

Binuksan ni student iyung pagkain na may takip. May nakita akong dinuguan at afritada na ulam niya tapos kanin. "Akin na yang tinidor, ma'am. Kakain na'ko." sabi niya saka hinablot niya pabalik 'yung tinidor kong hawak saka siya kumain. "Uhm, sarap nitong dinuguan, ma'am. Ang sarap ng dugo ni Majinbu. Perfect sa dinuguan na 'to ang dugo niya," napatigil ako sa sinabi ni student. "Uhm, ang sarap din nitong afritada. Ang sarap ng laman at taba ni Majinbu. Perfect din para sa afritada na 'to." titig na titig lang ako kay student habang kumakain siya.

Hindi maayos na pumasok sa utak ko iyung sinabi niya. Ano raw? Dugo raw ni Majinbu iyung dinuguan na kinakain niya? Tapos laman at taba naman ni Majinbu iyung afritada? Biglang kumulo ang dugo ko habang nakatingin kay student. Parang gusto kong kumain ng dinuguan at afritada na gawa naman sa katawan ng babaeng 'to.

Napatigil si student sa pagkain at napatingin sa akin, "Ba't ganyan ka makatingin, ma'am?" nagtatakang tanong niya saka siya napangisi "Uy, si ma'am naiinggit sa kinakain ko. Kain ka na rin, ma'am, para matikman mo kung gaano kasarap si Majinbu."napahagikgik siya.

Napakunot ang noo ko, "Punyemas ka!" binatukan ko siya "Anong ginawa niyo sa katawan ni Majinbu? Sumagot ka kundi ikaw ang gagawin kong dinuguan at afritada!"

"Ang sakit, ma'am." pag-angal niya habang nakahawak sa ulo niyang binatukan ko.

"Masasaktan ka talaga sa akin." pagbabanta ko.

"Nagbibiro lang naman ako, ma'am. Hindi 'to katawan ni Majinbu," pag-amin niya "Ibang baboy 'to, ma'am. Grabe ka, ma'am. Mapanakit ka."

"Kung hindi 'yan dugo at laman ni Majinbu, nasaan na ang katawan niya?" pagtatanong ko dahil hindi ko na alam kung anong nangyari sa katawan ni Majinbu kagabi. Hinila na kasi ako papasok ni Elton.

"Pinalibing po ni Sir Elton kay Kuya Rudolf sa likuran ng mansion," sagot niya "Umiyak nga rin po si Sir Klode kagabi habang nililibing, 'e. Ano po bang nangyari? Ang kwento kasi ni Sir Klode kay Sir Elton 'e nakita ka nalang niyang hinahabol ni Sir Klyde. Tapos sumunod si Majinbu sa'yo tas nasagasaan na siya."

Hindi ako nakaimik. Hindi ko alam kung dapat ko bang aminin dito kay student ang nangyari kaya ako tumakbo at sinundan ako ni Majinbu. May nag uudyok sa akin na sabihin ko pero may mas malaking parte sa utak ko na 'wag na dahil muli ko lang maaalala ang ginawang pag pupustahan ni Klyde kasama ang tropa niya at kung paano nila ako pinagmukhang tanga.

"Anong nangyari 'dun sa nakasagasa kay Majinbu?" pag-iiba ko ng topicness "Dapat 'yung makulong! Pinatay niya si Majinbu ko. Pinatay niya ang alaga ko." paghihinagpis ko.

"Hindi ko po alam, e." sagot niya "Si Sir Elton po kasi ang kumausap. Itanong niyo nalang po sa kanya mamaya." tumusok ng ulam si student "May tanong ka pa ba, ma'am? Istorbo ka sa pagkain ko, e."

"E, kung sampalin kaya kita, gusto mo?" napailing siya "Si Klyde nasaan?"

"Umalis po kagabi, e. Hindi pa umuuwi." tugon ni student.

Mabuti naman kung ganun dahil wala pa akong balak na makita si Klyde sa puntong 'to. Baka kasi kapag nakita ko siya mabigyan ko siya ng mag-asawang sampal dahil sa ginawa niya. Oo, kasalanan ko kung bakit ako hinabol kagabi ni Majinbu. Hinabol niya kasi ang ganda ko. Pero kung hindi dahil nadiskubre kong totoong pakay ni Klyde sa akin hindi naman ako tatakbo.

Pero infariness naman kagabi naranasan ko kung paano maging habulin. Ang ganda ko talaga.

Pero sa totoo lang din hindi ko alam kung kaya kong sampalin si Klyde. Kagabi kasi nang makita niya kung paano ako umiyak at maghingpis sa malamig na katawan ni Majinbu nakita ko 'yung pagsisisi sa mga mata niya. Pagsisising hindi ko alam kung dapat ko bang paniwalaan dahil alam kong poserness lang naman si Klyde. Magaling umarte. Daig pa ang artista. Amputness talaga.

Nagpatuloy na sa pagkain si student habang nag mumukmok lang ako sa harapan niya. Habang nakatanga ako sa kawalan nakarinig ako ng katok sa may pintuan. Hindi naisarado ni student ang pinto kaya nakita ko na si Klode na nakatayo 'dun. Malungkot siyang ngumiti sa akin.

"Ayos ka na?" malungkot na tanong ng hindut na bayut.

Umiling ako, "Hindi pa. Masakit pa rin. Hindi ko pa rin tanggap na wala na si Majinbu."

"Sus, emotera." pagsagot ni student kaya napatingin ako sa kanya "Ay, sabi ko, ang sarap nitong dinuguan, ma'am. Hehehe." napairap nalang ako.

Lumakad si Klode papasok ng kwarto ko saka umupo sa kama ko. Humarap ako sa kanya.

"Parang kahapon lang yakap-yakap ko pa si Majinbu. Nakakalong sa akin. Sunod ng sunod sa paglalakad ko rito sa mansion," muling pagsasalita ni Klode "Tapos ngayon. . .wala na. Ibang-iba na 'tong kwarto mo. Wala ng Majinbu. Wala ng biik na palaging tulog at biglang gigising kapag makikita ako."

"Emotera number 2," mahinang sagot ni student sa likuran ko kaya napasulyap ako sa kanya. "Sarap-sarap ng ulam ko. Yam yam yam. Delisyoso."

"Gugupitin ko 'yang bangs mo leche ka. Isa pang pagpaparinig." pagbabanta ko kay student. Napakamot lang siya sa ulo niyang makuto.

Tumayo ako saka kinuha sa cabinet ko 'yung cellphone ko. Tapos umupo naman ako sa tabi ni Klode at may hinahanap sa cellphone ko para ipakita sa kanya.

"May ipapakita ako sa'yo," sabi ko kay Klode "Nasaan na ba 'yun. Andito lang 'yun, e." todo pindot ako sa cellphone ko pero 'di ko mahanap iyung ipapakita ko kay Klode.

"Anong hinahanap mo, Althea?"

"Yung picture naming dalawa ni Majinbu. Andito lang 'yun sa cellphone ko, e. Ba't nawawala na."

"Picture niyo?" nagtatakang tanong ni Klode "E, paano magkakapicture iyang cellphone mo wala namang camera 'yan." saad niya kaya napatigil ako sa pag pindot.

Tumingin ako kay Klode, "Nakakainis ka talaga, hindut. Lakas mo mambasag ng trip, e." sabi ko habang naluluha na naman "Gusto ko lang naman makita mukha ni Majinbu. Gusto ko lang-"

"Aysus, drama-rama sa hapon." pagsingit na naman ni student kaya napatigil ako sa pagsasalita.

Agad kong kinuha iyung unan saka ibinato kay student, "Pisti ka. Kanina ka pa sabat ng sabat, e. Lumabas ka na nga 'dun bago pa magdilim ang paningin ko at isunod agad kita kay Majinbu."

"Pero, ma'am-"

"LABAS!" sigaw ko kay student.

"K." sagot naman niya habang nakasimangot at pabadog na kinuha 'yung tray ng pinaglagyan ng pagkain niya. Lumabas na rin siya agad pagtapos magligpit.

"Nakakaloka. Panira ng pag emote ko." sabi ko nang makalabas na si student.

Natawa si Klode, "Close na close talaga kayo ni Nicca, 'no?"

"Close ka diyan? Plastic kaya ako." sabi ko saka bumalik sa pag da-drama. "Nakakamiss si Majinbu, hindut na bayut."

Napansin kong nilabas ni Klode ang maganda niyang cellphone saka ito tinouch. Hanggang sa may lumabas na picture ni Majinbu na may towel na pula sa ulo. Parang kakaligo lamang ni Majinbu sa litratong 'to. Todo ngiti pa si Majinbu at halatang masayang-masaya.

"Kuha 'tong picture nung pinaliguan ko si Majinbu," pag kwento ni Klode habang nakatingin kami sa cellphone niya "Tuwang-tuwa nga siya rito, e. Akala mo hindi nakakatikim ng tubig."

Napatawa ako kahit umiiyak na naman ako, "Hindi naman talaga." saad ko "Never ko naman kasi siyang pinaliguan."

Natawa rin si Klode, "Kaya pala ang baho niya. Pinapaliguan ko siya kapag iniiwan mo siya sa akin."

Pinakita sa akin ni Klode 'yung lahat-lahat ng picture ni Majinbu na kuha sa cellphone niya kaya todo iyak na naman ang prettyness kong mukha. Sinabi sa akin ni Klode na kumain na raw ako dahil kagabi pa ako walang kain pero 'di ko siya pinansin. Nang iwanan niya ako bumalik na naman ako sa pag-iyak. Humiga ulit sa kama at pinilit matulog. Pinagdasal sa sarili na sana panaginip lang ang nangyari kay Majinbu.

Pero kahit anong pilit kong pagpapaniwala sa sarili ko na panaginip lang iyun nasasaktan lang ako. Sinasampal kasi ako ng katotohanang wala na talaga si Majinbu. Iniwan na niya talaga ako. Nag-iisa nalang talaga ako sa buhay. Namayapa na ang malandi kong biik na iniligtas ko sa matatabang kamay ni Ate Betty na mataba.

Napangiti nalang ako habang lumuluha. Iniligtas ko ang buhay ni Majinbu tapos iniligtas din ni Majinbu ang buhay ko. Biik na 'yun marunong din palang tumanaw ng utang na loob.

ELTON'S POV

Hindi ko alam kung anong nangyayari sa akin at hindi ako makapagtrabaho ng maayos. Kanina may board meeting kami pero lumilipad ang utak ko. Hindi nag sink-in sa utak ko kung anong pinag-usapan 'dun. Alam kong nagulat sa akin ang board members nang mabilisang akong mag-agree sa mga suggestions nila na bihira kong gawin. I always question their suggestions pero kanina parang wala akong pakialam. Ang tangi lang naglalaro sa utak ko ay matapos na ang meeting.

Actually, kahapon pa ako ganito. I felt so down because something is bothering me that I didn't know in the first place. Hindi ko alam kung dala lamang ba ito ng tambak kong trabaho at mga trabahong iniwan sa akin ni Lolo o dahil sa sinabi ni Promdi Girl kahapon.

She said she'll say to Lolo that she gonna cancel the wedding plan between us.

Dapat maging masaya ako dahil, after all, mawawalan na ako ng problema. Kung gagawin ni Promdi Girl 'yun wala ng hadlang sa amin ni Jeninna. Pwede ko ng aminin kay Lolo ang relasyon namin at sabihin kay Lolo na si Jeninna lang ang babaeng gusto kong pakasalan at makasama sa hinaharap.

Pero hindi, e. It didn't make me happy at all. It did bother me. It bothered me to the point I questioned myself. Bakit hindi ko kaya maging masaya kung gagawin nga ni Promdi Girl 'yun? Why is there something in my heart that hurts if Promdi Girl really does that?

What have you done to me, Promdi Girl? You turned me into someone I was not in the first place.

"Fuck it," napamura nalang ako sa sarili ko dahil hindi talaga ako makapagtrabaho ng maayos.

Ginulo ko ang sarili kong buhok dahil puro si Promdi Girl nalang ang naiisip ko mula kahapon hanggang ngayon. Siya lang ang laman ng utak ko sa 'di ko alam na dahilan. Hindi ko makalimutan 'yung pag-iyak niya kagabi nang masagasaan iyung alaga niyang biik.

She cried damn hard. She was really hurt. I hugged her until she calmed down but my hug was not enough. Hindi siya kumalma gamit ang yakap ko kaya kahit ayoko siyang iwanan kagabi pinabayaan ko nalang siya. She needed time to mourn. I didn't expect that she loves her pig that much. She cried like her own heart was ripped and shattered into million pieces.

"Hindi 'to maganda," I mumbled to myself. "I should think about Jeninna and not Promdi Girl. Elton, pull yourself together. May girlfriend ka. You shouldn't think about other girl. You love Jeninna, right? Think about her. Think your happy times with her. Ilang b'wan mo lang hindi nakikita si Jeninna kaya ibang babae ang naiisip mo. Don't hurt, Jeninna. Nasaktan na siya dati." I reminded myself.

I took a deep breath and think about Jeninna. But no matter how much I think about her I always ended thinking about Promdi Girl. Kung anong ginagawa niya ngayon? Kung umiiyak pa rin ba siya? Kung kumain na ba siya?

It feels so wrong when she's not around. Parang ang tahimik ng mundo ko. Parang ang tamlay. Hindi ko alam kung kailan nagsimula na ma-appreciate ko ang presenya niya pero nagising nalang ako na hinahanap ko na ang maingay niyang boses araw-araw-

shit, this is bad. This is really bad. It likes my mind is already drowning in her existence.

"Ehem."

Napatingala nalang ako nang makarinig ako ng nag-ehem sa harapan ko. Nakita ko agad si Jonas na nakatayo at seryosong nakatingin sa akin. His face is like saying 'You look miserable.' which I really am. Halatang miserable ako ngayon dahil hindi ako makapagtrabaho ng maayos.

"What do you need?" seryoso kong tanong sa kanya. Pretending that I am working.

"You look miserable." sagot niya saka umupo sa harapan ko. "Problem?"

"None." I answered "Stress lang sa trabaho."

Natawa siya, "Halata nga, bro. You looked stupid in the board meeting earlier. Parang wala 'dun ang utak mo at nasa ibang lugar. Were you thinking about her?"

"Hindi ko siya iniisip. It was just. . ." huminga ako ng malalim "I don't know, man. Parang mula ng dumating siya 'di ko na makilala ang sarili ko. She turned my world upside down. I should treat her bad. I should be mean to her. But whenever I start doing it, my heart ached. Parang. .alam mo 'yun? It's just wrong." I confessed. "Then, last night she cried-"

"Wait. Wait." pagpapatigil ni Jonas sa akin. He looked confused "Magkaiba ata tayo ng iniisip. I'm talking about Jeninna but you talked about Althea, right?" nag seryoso mukha ni Jonas "Wag mong sabihin sa akin na may feelings ka na for her? What about Jennina, then?"

"Wala akong feelings kay Promdi Girl, dude. Tuloy pa rin ang plano ko na mapaalis siya sa mansion at hindi matuloy ang plano ni Lolo," I fired my answer "Si Jeninna lang ang mahal ko. Hindi ko siya sasaktan dahil sapat na 'yung sakit na naranasan niya sa bastard niyang tatay."

Nalungkot 'yung mukha ni Jonas. Probably, he had a flashback in his head. Naalala niya marahil 'yung masakit na sinapit ni Jeninna sa tatay niya noon. Because of what had happened to her, I swore to Jeninna that I would protect her to the best that I could. Hindi dapat ako ang maging pangunahing rason para muling masaktan si Jeninna.

"Pero, maiba ako, anong sabi mo? Althea cried last night?"

It pisses me off whenever Jonas saying Promdi Girl's name. Kaya bago pa ako mabadtrip tumango nalang ako bilang sagotsa tanong niya.

"Yeap," I admitted "She have a flue." I lied to him because. . .bakit nga ba?

Jonas startled, "Bakit? Anong nangyari sa kanya?"

His worried face annoyed the shit out of me. Para siyang boyfriend ni Promdi Girl kung umasta.

"Naulanan lang. Masakit ang ulo niya kaya hindi siya pumasok ngayon." I lied again.

"Aww." sagot niya. Aww? Kailan pa naging aso 'tong si Jonas. "I should pay her a visit."

"NO!" napasigaw ako kaya parehas kaming nagulat ni Jonas. "I mean, no."

"Why?" napakunot ang noo niya.

"Baka mahawa ka," inayos ko ang mga papeles "Marami akong pinapagawa sa'yo kaya 'di ako makakapayag na magkasakit ka."

"Awww. Ang sweet naman ni Elton." napangisi si Jonas "Pero, don't worry, bro. Hindi ako magkakasakit. Malakas resistensya ko. Dadalawin ko lang si Althea mamaya."

"Hindi nga pwede!" matigas kong sagot. "Some other time, dude. Malala ang sakit niya. Sabi rin ng doctor bawal siya ma-expose sa tao kaya next time nalang."

"Ahh, ganun ba?" tugon niya "Sige, sa ibang araw nalang. Dalhan ko nalang din siya ng flowers."

"Why? Patay ba siya para bigyan ng bulaklak?"

Natawa si Jonas, "Baliw ka, bro? Malamang may sakit siya, e. Alam mo bang ang bulaklak ang isa sa dahilan para gumaan ang pakiramdam ng mga babae?"

Hindi ako nakaimik dahil hindi ko naman alam iyun. Hindi ko naman kasi nabigyan ng bulaklak si Jeninna before. Sa dalawang taon naming magkarelasyon 'di ko siya nabigyan ng bulaklak tuwing anniversary namin dahil 'di naman kami palagi magkasama. We just greeted each other over the phone. She didn't ask for it, too. So, I thought flowers aren't her thing.

"Uhm, anong tingin mong magugustuhan niyang bulaklak?" tanong ulit ni Jonas.

"Let's see," nag-isip ako kunwari "Lilies, Roses, and orchids. Pagsama-samahin mo, ah?"

"What? Parang pangpatay lang, ah." He accused "Sinasabotahe mo ako palagi, e."

"I'm not. Stop accusing me, man."

"Yes, you are." pamumulit niya "Una, nung mag di-date sana kami ni Althea. Binigyan mo ako ng maraming trabaho. Tapos kapag mag-ask ako ng permission sa'yo na puntahan siya sa mansion niyo ayaw mo naman. Para kang asawa na ayaw ipakita sa ibang lalaki 'yung asawa niya. Tapos ngayon pati bulaklak?" sunod-sunod niyang pagsasalita. "Dude, wag mong sabihin na, nahuhulog ka na sa kanya?"

Nanigas ang buong katawan ko dahil sa sinabi ni Jonas pero 'di ko iyun pinahalata sa kanya.

"I'm not, dude. May Jeninna ako, remember?" pinagpapawisan kong sagot.

Tumango siya, "Good. Kasi 'di kita mapapatawad kung isa sa kanila ang masasaktan mo." pagbabanta niya saka siya ngumiti. "Pero, roses ang ibibigay ko kay Althea. Thanks sa suggestion, pre."

Tumayo na si Jonas at naglakad. Pero napahinto siya para muling magsalita.

"Maybe I should start courting Althea. What do you think?" he asked while grinning. Then left my office without waiting for my answer.

"Fucking no," badtrip kong sagot sa sarili ko saka ko nasabunutan ang sarili kong buhok dahil sa frustration.

Maya-maya pa nakarinig ako ng katok sa pintuan. Pagtingala ko nakita ko si Maxine-secretary ko, na papasok at may dala-dalang malaking box na kulay pink. Mukhang nabibigatan siya. Ito na ata 'yung pinabili ko sa kanya.

Tumayo ako, "Yan na ba 'yung pinabili ko sa'yo?"

She nodded, "Yes, sir." sagot niya saka inilapag sa may table 'yung pink na karton.

Lumapit ako saka binuksan 'yung karton. There, nakita ko ang dalawang biik na natutulog na walang kamalay-malay na sila na ang magiging panibagong laruan ni Promdi Girl. Mas maliit lang sila ng kaunti kaysa 'dun sa naunang biik ni Promdi Girl na si-vegeta? Piccolo? Ay, San Gohan pala.

"Their gender?"

"Yung pinkish, sir, babae po. Then, 'yung may black na dot ay lalaki po."

"Good." sagot ko saka ngumiti. "By the way, last favor."

"Ano po, sir?" she answered politely.

"Buy me a bouquet," pag-utos ko sa kanya "1 dozen of red roses."

Napangiti si Maxine, "Any special occasion, sir?" she asked while blushing.

I shook my head, "Wala naman. I just want to give these to a girl who always smile so brightly." napatitig si Maxine sa akin, "What?"

This time, siya naman ang umiling, "None, sir. The way you smile and speak, para pong. . ." napatigil siya at mukhang pinag-iisipan ang sasabihin ng mabuti.

"Parang?"

"Para pong inlove kayo." she said while smiling. "She must be a lucky girl."

Bigla akong napanganga sa sinabi niya.

What the hell?

==========

Chapter 27

Enjoy! Comment and vote! :)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 27.

Sumapit na ang gabi pero prettyness pa rin ako—este hindi pa rin ako lumalabas ng k'warto ko. Hindi pa rin ako kumakain o naliligo man lang. Wala akong ganang kumilos. Tamad na tamad sa buhay. Kahit nakakaramdam ako ng gutom hindi ko ito pinansin. Snob nga ako sa personal, 'di ba? Walang laman ang tiyan ko simula kaninang umaga. Nakahiga lang ako sa kama ko at nagmamaganda—este nagluluksa.

Parang ngayong gabi ko mas naramdaman na wala na talaga si Majinbu. Wala na ang malanding biik na palaging natutulog dito sa tabi ko. Wala na iyung biik na palagi akong binabasag at iniirapan. Wala na si Majinbu. Walang nakapigil sa pagpanaw niya. Walang nakapigil sa kanya tulad ko.

Naramdaman ko na naman na bigla akong naluha nang maalala ko 'yung una naming

pagkakakilala ni Majinbu. Mabilis kong ipinunas sa kumot ang luha at uhog ko saka muling tumulala sa kawalan para magmaganda—este magluksa at mag-inarte.

Parang kailan lang 'nun iniligtas ko si Majinbu laban sa matabang kamay ni Ate Betty na totoong definitioness ng salitang mataba. Ang liit-liit pa ni Majinbu 'nun pati na rin ng pututoy niya. Pero kagabi nang masagasaan siya saka ko lang napansin na medyo malaki na pala si Majinbu. Pero 'yung pututoy niya maliit pa rin. Nawala siya sa mundong 'to na 'di man lang niya nararanasan na lumaki ang pututoy niya. Kawawang Majinbu. Hindi man lang siya naka-scoreness kay Klode.

Nasa emoteness momentness ako nang makarinig ako ng katok mula sa pintuan ko. Malamang si student na naman iyan. Siya lang naman pabalik-balik dito sa k'warto ko at pinipilit akong kumain. Pero ang shungang student hindi makaintindi. Ang tigas ng mukha. Sinabing wala akong gana kumain, e.

"Ma'am, Althea. .." pagtatawag ni student ng makapasok na siya sa loob ng k'warto.

"Ano na naman ang kailangan mo?" naiinis kong tanong. Panira ng pagluluksa 'tong si student.

"Galit ka na naman agad diyan, ma'am." napanguso siya. Nguso siya ng nguso akala naman niya kinaganda niya. "Pinapasabi lang po sa akin na kumain na raw po kayo."

Kumunot ang noo ko, "Sinong nagsabi niyan? Tawagin mo rito at sasampalin ko. Wala nga kasi akong gana kumain. Ba't ba 'di mo iyun maintindihan?" maldita kong sagot. "Gusto mo ba english-sin ko pa?"

"Sige nga, ma'am." paghahamon niya sa akin.

"I don't. . ." paninimula ko.

"I don't ano, ma'am?" nakangising tanong ni student.

Napairap ako, "Ayoko na english-sin. Hindi mo rin naman maiintindihan." sabi ko "Bobo ka sa english, 'di ba? Masasayang lang effortness ko."

"Aba, nagsalita si ma'am. Nagsalita ang magaling sa english," tugon niya sa akin.

"Sumasagot-sagot ka pa?" hinablot ko ang isang unan saka ito hinagis kay student na nasa may pintuan. Mabilisan niya itong nailagan.

"Ay si ma'am duling. Mambabato na nga lang 'di pa tumama sa akin. Bleh. Bleh." dumila-dila pa siya na akala mo bata. "Ma'am, duling. Ma'am duling."

"Duling pala, ah. Hintay ka lang diyan." sabi ko saka tumayo sa harapan ng kama.

Itinaas ko ang manggas ng suot kong t-shirt saka ko binuhat ang kama ko. Plano ko itong ibato kay student. Tignan nalang natin kung makaiwas pa siyang gaga siya. Malaki-laki 'tong kama ko at gawa sa bakal ang ilalim. Tiyak hindi lang dudugo ang ulo niya. Maglalabasan din ang utak niya kung meron man talagang siyang utak. Pero tingin ko walang utak 'tong si student. May sayad, e.

"Ma'am. . ." nagulantang si student nang makita niyang buhat-buhat ko ang kama gamit ang dalawa kong kamay. "Anong gagawin mo diyan?"

"Ibabato ko sa'yo. Tignan natin kung makaiwas ka pa. Duling pala, ah." pagbabanta ko.

"Ma'am—wala namang ganyanan. Ma'am, 'wag. Nakakaloka ka, ma'am!!" napasigaw na si student dahil sa takot. Namutla pa ang mukha ni gagita.

"Walang makakapigil sa akin!!" sigaw ko saka ibinato na kay student 'yung kama na buhat-buhat ko. Kaso mabilis siyang nakaiwas dahil agad niyang isinarado ang pintuan. Tumama tuloy sa pintuan 'yung kama.

Sayang akala ko pa naman dadanak na rito sa loob ng k'warto ko ang dugo at utak 'nung gaga na 'yun. De bale. Marami pa namang araw para saktan ko siya. Tignan lang natin kung makaiwas pa siya sa mga susunod kong attackness sa kanya. Walang sino man ang makakapigil kay Althea Josefa.

Lumapit ako sa may pintuan saka ito binuksan para makita kung nasaan na si student. Pagbukas ko ng pintuan nakita ko si Elton bhe na papalapit sa k'warto ko. Huminto lang siya nang makasalubong niya si student. Mukhang kakauwi niya lang galing trabaho dahil gulo-gulo pa ang buhok niya na dumagdag sa kasarapan—este ka-gwapuhan niya. Nakabukas din 'yung tatlong butones ng suot niyang longsleeve kaya kitang-kita 'yung macho niyang dibdib.

'Yung dibdib ni Elton bhe at mukha ni student may pagkakapareho. Parehas matigas. O, baka mas matigas pa mukha ni student kaya kay Elton?

Isinarado ko ng kaunti ang pintuan para hindi ako makita ni Elton bhe na nakikinig sa usapan nilang dalawa ni student.

Mukhang pagod na pagod si Elton pero 'yung pagod niyang mukha dumagdag lang sa kakisigan niya. Ano ba 'tong si Elton. Ba't lahat nalang ata ng ginagawa niya dumagdag sa gwapo niyang mukha? Samantalang ako kapag pagod ako mukha na akong yagit, palaboy, dugyot, at prettyness.

"Kumusta na siya? Kumain na ba?" nag-aalalang tanong ni Elton bhe kay student. 'Yung mukha niyang gwafu bakas na bakas ang pag-alala sa akin. Gusto ko tuloy kagatin 'yung pisngi ni Elton.

Umiling si student, "Hindi pa rin, sir. Nag-iinarte pa rin siya." saad ni student. "Nagmamaganda pa rin. Akala niya siguro, sir, mabubuhay si Majinbu kung 'di siya kakain."

Napatango-tango si Elton, "Ah, ganun ba?"

"Ganern na nga, sir." natatawang sagot ni student. Hinampas niya pa 'yung dibdib ni Elton. "Kayo talaga, sir, palabiro kayo. Pinapatawa niyo ko." napahampas ulit si student sa dibdib ni Elton saka napahagikgik.

"Ha?" naguguluhang tanong ni Elton. "Anong sinasabi mo diyan? Hindi naman ako nagpapatawa, ah."

"Ay, hindi ba, sir? Akala ko lang. Hehehe." tugon naman ni student saka muling hinampas si Elton sa braso naman. May kasama pang pagpisil ng muscles ni Elton sa braso si student.

"Punyaterang student 'to. Dumadamoves kay Elton bhe. Pasimpleng himas ang gaga," bulong ko sa sarili ko habang nakasilip pa rin sa pintuan. "Yari ka sa akin bukas. Uuntog kita sa batok ni Kuya Rudolf."

Bahagyang napalayo si Elton bhe kay student. Naramdaman niya sigurong pinagsasamantalahan siya ni student. Pag-atras ni Elton napaabante naman si student. Ang gaga hindi makaramdam na lumalayo si Elton sa kanya. Anesthesia ata pinainom kay student ng nanay niya noong bata palang siya kaya sobrang manhid ng panga niya. Mapangahan nga 'to bukas para madala.

"Ako ng bahala kay Promdi Girl. Kuhanin mo nalang 'yung malaking pink na box sa kotse ko." pag-utos ni Elton kay student. "Wag mong bubuksan 'yung laman 'nun, ah."

"Pero, sir, pwede kong i-open?"

Kumunot noo ni Elton, "Hindi mo nga pwedeng i-open."

"E, pwede ko pong tignan ang laman nung box, sir?"

Napaikot ng mata si Elton dahil sa sobrang stressness sa kabobohan ni student, "Hindi nga sabi. Ba't ang kulit mo?"

"Kung hindi ko pwedeng buksan at i-open 'yung box, sir, edi pwede—"

"Pwede kitang tanggalin ngayon mismo. Gusto mo?" nagseryoso na si Elton bhe.

"Hehehe. Si sir naman palabiro talaga," natatawang sagot ni student saka humampas naman sa tiyan ni Elton. Kitang-kita ko na dinama ni student 'yung abs ni Elton

'dun. Nakakakulo ng dugo 'tong si student. "Sige, sir. Kukunin ko na 'yung pink na box na 'di ko pwedeng buksan at i-open. Hehehe."

"Good. Dalhin mo sa kwarto ni Promdi Girl." saad ni Elton. Hahampas ulit sana si student sa tiyan ni Elton pero napatigil sa ere 'yung kamay niya nang muling magsalita si Elton bhe. "At isa pang himas sa muscles ko. 'Dun ka sa kulungan ng aso ni Chris matutulog."

Napakamot ng ulo si student, "Si Sir KJ. Amp." napanguso si student. "Sige, sir. Kukunin ko na 'yung box." sabi niya saka napatango si Elton.

Lumakad na si student at nilampasan si Elton pero agad din siyang napahinto para pagmasdan si Elton habang nakatalikod ito sa kanya. Inaayos ni Elton ang suot niya kaya itong si student todo titig sa likuran ni Elton. Mukhang pinagmamasdan niya ang matambok na pwetan ni Elton. Sumusobra na talaga ang kalandian ni student. May araw ka rin sa aking gaga ka.

Nang matapos si Elton sa pag-aayos sa sarili niya saka na ito lumakad papalapit sa kwarto ko. Mabilisan ko tuloy binuhat ang kama kong inihagis ko kanina saka ito ibinalik sa dati niyang pwesto.

Bago pa tuluyang mabuksan ni Elton ang pintuan ng kwarto ko nakahiga na ako sa kama at kunwaring nag-e-emoteness. Natalikod ako sa gawi ni Elton pero ramdam ko na natayo siya sa gilid ng kama at nakatingin sa akin na parang gandang-ganda sa buong katawan ko.

"Hoy, Promdi Girl." pagsasalita ni Elton. Hindi ako sumagot kaya tinapik niya ang likuran ko. "Hoy! Gumising ka diyan. Anong balak mong gawin sa sarili mo?"

"Wala akong balak sa sarili ko," walang gana kong sagot. "Baka ikaw may balak sa akin simulan mo na. Hindi kita pipigilan." saad ko habang tinatago ang landi sa boses ko.

"Umayos ka nga, Promdi Girl. Papatayin mo ba sarili mo? Hindi ka pa raw kumakain mula kanina." panenermon ni Elton. Nalungkot ako bigla dahil wala talaga siyang balak sa akin. Kainis.

"E, sa wala nga akong gana kumain. Paano ako kakain kung wala na si Majinbu sa tabi ko?" sagot ko habang nakatalikod pa rin "Sabihin mo sa akin, Elton bhe. Paano ko haharapin ang bukas kung wala na siya?"

"Edi harapin mo na kasama ako." seryosong sagot ni Elton kaya bigla akong napatigil at agad humarap sa kanya na gulat sa sinabi niya.

"Anong sabi mo?"

"Sabi ko, ano, kung hindi ka ba kakain maibabalik ba si Vegeta sa'yo?" nauutal

niyang sagot.

"Sinong Vegeta?" naguluhan kong tanong.

"Yung biik mo." saad niya "Vegeta pangalan 'nun, 'di ba?"

"Ito bobo. Ang gwapo nga pero bobo naman," pambabara ko. "Majinbu pangalan 'nun."

"Gwapo ako?" parang lumiwanag 'yung mukha ni Elton. Napangisi pa nga siya.

"Sabi ko, ano, ang bobo mo." panggagaya ko sa kanya. "Ah, basta. Wala akong gana kumain."

Biglang bumukas ang pintuan at iniluwa nito si student na may dala-dalang malaking pink na box. Mukhang bigat na bigat siya sa buhat-buhat niya. 'Yung mukha niya parang lalabasan na siya ng almoranas. Sana lumabas na rin bituka niya.

Inilapag ni student 'yung box sa harapan namin ni Elton bhe.

"Sir, ito na 'yung box. Hindi ko iyan binuksan at inopen. Hehehe."

Napatango-tango si student, "Good. Sige, pwede ka na lumabas."

Yumuko si Elton bhe para sana buksan 'yung box pero napatigil siya ng mapansin niyang 'di pa lumalabas si student. Nakangiti lang ito habang tutok na tutok ang mga mata sa box na parang hinihintay kung ano ang makikita niya sa loob ng kahon.

"Sir, ano laman niyan? May chocolates? Pahingi, sir. Hehehe." natatawang tanong ni student.

Tinignan siya ni Elton, "'Di ba sabi ko pwede ka na lumabas?"

Napatango si student, "Oo nga, sir. Pero mamaya na. Gusto ko makita laman ng kahon, e. Buksan mo na, sir. 'Wag mo na patagalin."

Tumayo si Elton ng diretso, "Nicca, talikod ka." tapos tumalikod si student. "Then, humakbang ka ng limang beses." sabi ulit ni Elton kaya napahakbang si student. Nasa labas na siya ngayon ng kwarto ko.

"Ano pa, sir?" tanong ni student kay Elton bhe.

Lumapit si Elton sa pintuan, "Wala na. 'Yun lang."

"Hehehe. Si sir Elton talaga—"

Hindi na natapos ni student 'yung sinasabi niya dahil pinagbagsakan na siya ng pintuan ni Elton. Ini-lock pa ni Elton 'yung pintuan para hindi na ulit makapasok 'yung epal na si student.

"Sir! Sir! Pahinging chocolate!!" todo katok si student.

Napaikot nalang ng mga mata si Elton. Mukhang jirits na siya kay student.

Lumapit ulit si Elton sa may box saka ito yumuko.

"Alam kong hindi na maibabalik si San Gohan—" paninimula niya ulit.

"Majinbu." pagtama ko sa kanya. "Bobo talaga." napabulong ako.

"Majinbu, fine. Alam kong hindi na maibabalik si Majinbu sa'yo. Tiyak malulungkot din siya kapag nakikita ka niyang ganyan," napatingin sa akin si Elton saka ngumiti. "Hindi ko rin naituloy 'yung date natin. Kaya bilang pambawi. Ibibigay ko sila sa'yo." sabi niya saka binuksan 'yung kahon.

"Sila?" naguguluhan kong tanong saka tinignan 'yung laman ng kahon. "Sila? Bulaklak?"

"Ay, mali." natawa si Elton. Bigla akong napatigil dahil sa pagtawa niya. Kinuha niya rin 'yung bulaklak na roses sa loob ng kahon. "Sila ang tinutukoy ko."

Muli kong tinignan 'yung laman ng kahon. Dahan-dahan nanlaki 'yung mga mata ko nang may makita akong dalawang biik sa loob ng kahon na natutulog. 'Yung isang biik medyo pink ang kulay habang 'yung isa naman may malaking itim na dot sa likuran nito. Medyo maliit sila kumpara kay Majinbu. 'Yung laki nila parang kasinglaki ni Majinbu nang iligtas ko siya sa kamay ni Ate Betty na mataba.

"Akin na sila?" hindi ko makapaniwalang tanong kay Elton.

Ngumiti siya saka tumango, "Yep!" sabi niya saka binuhat 'yung biik na kulay pink ang balat. Kinuha ko naman 'yung isang biik na may dot sa likuran. "Itong hawak ko babae. 'Yang hawak mo naman lalaki."

"Oink! Oink!" pag-iyak 'nung dalawang biik na sabay habang hawak-hawak namin sila ni Elton.

Napatingin lang ako kay Elton at 'di ko alam ang sasabihin ko sa kanya. Nakangiti lang siya sa akin at hinihintay 'yung sasabihin ko. Pero kahit anong halukay ko sa

utak—ulo ko wala akong maisagot sa kanya. Tanging kaligayahan lang ang bumabalot sa katawan ko ngayon.

"Nawalan ka man ng isa. At least may pumalit na dalawa." pagsasalita ni Elton. "Magsalita ka naman, Promdi Girl. Para kang iiyak, e."

Nung sinabi niyang para akong iiyak bigla ng tumulo ang luha ko. Hindi dahil sa kalungkutan kundi dahil sa labis na kasiyahan. Pakiramdam ko lumulutang ako sa ere dahil dito sa binigay ni Elton at sa klase ng pag ngiti na pinapakita niya sa akin. 'Yung puso ko tumitibok na naman ng malakas. Si Elton lang talaga ang katangi-tanging lalaki na nagpapatibok ng puso ko at wumawasak nito. Siya lang ata ang gusto ng puso ko na magparanas sa kanya ng ganung emosyon.

Napatingala ako para pigilan ang luha ko, "Wala—wala akong masabi," sabi ko saka tumingin kay Elton. Tutok na tutok lang ang mga mata niya sa akin na parang may pinapahiwatig. "Salamat. Ugh. Salamat, Elton. Hindi ko alam kung paano kita pasasalamatan."

"Ngiti lang ang kapalit ayos na ako." tugon niya.

"Ayaw mo ng kiss?" suggestioness ko. "Kahit ilan pa."

Natawa siya, "Hahaha. Baliw ka talaga." sabi niya saka napangiti ako. "Ayan, ngumiti ka rin. Hindi na malulungkot si Vegeta sa langit."

"Majinbu nga kasi 'yun!" pagtama ko na naman saka tumingin sa biik na hawak ko. "Ano kayang ipapangalan ko sa kanila?"

"Ikaw bahala. Sa'yo naman sila, e." sabi ni Elton habang nakatingin din sa hawak niyang biik.

"Uhm, itong hawak ko Dudong. Dudong ang pangalan niya."

Muli na namang natawa si Elton, "Anong klaseng pangalan naman 'yun? Ang baho."

"Ba't ba? E, biik ko naman sila," sagot ko "Ikaw naman magpangalan diyan sa hawak mo."

"Ako?" gulat na tanong ni Elton. Umupo na si Elton sa sahig ng kwarto ko habang nasa mga binti niya 'yung biik na natutulog pa rin. Kaswerteng biik. "Uhm, Tiffany?"

"Ano ba 'yan. Ang panget. Gandahan mo naman."

"Paris?"

"Panget pa rin." napaikot ako ng mata.

"Dianne?"

"Panget."

"Dudang?" muling tanong ni Elton.

"Dudang?" balik tanong ko. "Waaah! Perfectness! Iyan nalang ang pangalan nila. Ito si Dudong tapos 'yan naman si Dudang!" binuhat ko si Dudong saka itinapat sa mukha ko at kinausap. "Hello, Dudong. Ako si Althea Josefa. Ako ang magiging amo mo."

Dahan-dahan bumukas ang mga mata ni Dudong saka ito nagsalita, "Oink! Oink!"

"Hahaha. Kurutin kita diyan, e." sagot ko kay Dudong.

"Anong sabi niya?" pagtatanong ni Elton.

"Sabi niya sa akin 'lul' daw." natatawa kong sagot "Biik na 'to minumura ako."

Natawa na naman si Elton saka napailing-iling. Parehas naming napansin gumalaw si Dudang na natutulog sa harapan niya saka rin ito nagsalita. "Oink! Oink!"

Napatingin sakin si Elton, "Anong sabi ni Dudang?"

"Sabi niya tumutusok daw sa tiyan niya 'yung bukol mo sa pantaloon mo."

"What?" nagulat si Elton saka binuhat si Dudang. Parehas kaming napatingin sa bukol niya sa pantalon. Umayos tuloy siya ng upo dahil bakat na bakat 'yung malaking bukol. "Ehem." pag-ubo niya saka napaiwas ng tingin.

Natawa lang ako sa ginawa ni Elton. "Akin na si Dudang." sabi ko kaya binigay ni Elton si Dudang sa akin. Buhat-buhat ko ngayon si Dudong at Dudang.

Tumingin ako kay Elton saka ngumiti, "Elton, salamat sa regalo mo. Ang ng regalo mo. Next week pa naman ang birthday ko, e."

"Birthday mo next week?"

Tumango ako, "Oo. 21 na ako sa birthday ko." sabi ko "Itong si Dudang at Dudong parang anak nating dalawa."

"Anak? Anak tapos biik?" gulat niyang tanong.

Mukhang ayaw ni Elton siguro hindi niya tanggap na may papalit sa anak niyang nawala.

"Alam kong 'di sapat sa'yo 'tong biik para maging anak. Pero at least hindi ka na malulungkot dahil sa nawala mong anak." sabi ko "Nalaglag pala ang magiging anak niyo ng girlfriend mong si Rihanna?"

"What?" naguguluhan niyang tanong. "Anong nalaglag? Anong Rihanna? Hindi pa naman kami magkakaanak." gulong-gulo siya. "Saan mo nalaman yan?"

"Kay Klyde," saad ko "Nasabi niya sa akin na magkakaanak na sana kayo ni Petra kaso nalaglag ito."

"Ha? Nagsisinungaling lang si Klyde. Hindi pa kami magkakaanak ni Jeninna." pagkumpirma niya. Parang naiinis si Elton. "Promdi Girl, 'yang si Klyde marami iyang sinasabing 'di mo dapat pinapaniwalaan."

"Ibigsabihin virgin ka pa?"

"Malamang! Virgin pa ako, 'no!" mabilis niyang sagot saka biglang namula ang mukha ni Elton. 'Yung pamumula ng mukha niya parang 'nung nasa kotse kaming dalawa at tinatanong ko ba siya kung virgin pa siya o hindi na. "I mean, yes. I still am. Nakakabawas ba ng pagkalalaki kung virgin pa ako? I'm just saving this for my future wife."pagsasalita niya na may kasamang mura at 'di makatingin sa akin.

Napatitig lang ako kay Elton dahil sa sinabi niya. Birhen pa raw siya. Parehas kaming dalawa. Ibigsabihin, prettyness ako, 'di ba?

Napatingin sa akin si Elton na parang naiinis. "Sige! Tawanan mo na ako. Pagtawanan mo na ako dahil 22 years old na ako pero wala pa ring karanasan."

"Ba't naman kita pagtatawanan?" sabi ko "Wala namang nakakatawa kung wala pang karanasan ang isang lalaki, e. Mas nakakabilib nga sila dahil nirereserba nila ang una nila para sa babaeng pag-aalayan niya ng buong buhay niya." ngumiti ako "Bilib ako sa'yo, Elton. Maswerte ang babaeng mapapangasawa mo."

Biglang napangiti si Elton, "Ikaw din naman. Maswerte ang lalaking mamahalin mo." nakangiti niyang tugon. "Pero mala slang din dahil may sayad ka." sabi niya saka tumawa ng tumawa.

Gwapo si Elton kapag nakasimangot at seryoso ang mukha. Pero mas gwapo siya kapag nakangiti at tumatawa. Tunay ngang napakaswerte ng babaeng mamahalin niya sa tanang buhay niya dahil palagi niyang makikita ang ngiti ni Elton. Tunay ngang maswerte si

Kim Kardashian.

Natahimik kaming dalawa ni Elton pansamantala dahil abala ako sa pagtitig sa dalawang biik na bago kong magiging alaga at bago kong makakasama sa buhay. Ngiting-ngiti ako habang pinagmamasdan silang dalawa. Alam kong hindi ko mapapalitan si Majinbu sa puso ko pero kahit papaano maiibsan naman ang kalungkutan na nadarama ko sa pagpanaw ni Majinbu.

Kahit nakayuko ako ramdam na ramdam ko 'yung pagtitig sa akin ni Elton bhe. Naguguluhan lang ako dahil 'yung klase ng pagtingin ni Elton sa akin kakaiba. Parang may pinapahiwatig na 'di ko naman alam kung ano. O, baka naman gandang-ganda lang talaga siya sa akin?

Pagtingala ko nakumpira kong tama nga ako. Titig na titig si Elton sa akin. Bigla lang siya napaiwas ng tingin at parang nahiya dahil nahuli kong nakatingin siya sa akin.

"Ano, ay kain na tayo." nauutal na sabi ni Elton. "Ang init naman dito sa kwarto mo."

"Mamaya na ako kakain. Pupuntahan ko muna si Majinbu sa likuran at ipapakilala ko 'tong si Dudang at Dudong." nakangiti kong sagot. "Sasabihin ko anak natin sila."

"Anak?" gulantang na sagot ni Elton.

"Oo," saad ko. "May angal ka ba?"

"Bahala ka sa buhay mo, Promdi Girl." tumalikod si Elton saka lumabas na ng kwarto ko.

Pero nagulat ako sa nangyari. Hindi siya kumontra ng sabihin kong anak namin 'tong si Dudong at Dudang. Bago pa rin siya tuluyang lumabas ng kwarto nakangiti pa siya.

"My Godness. May anak na kami ni Elton." sabi ko sa sarili ko at yinakap ang dalawang biik.

"Oink! Oink!" sabay na pagsasalita ng dalawang biik.

Ang sabi nila ang landi ko raw.

Totoo ba?

==========

Chapter 28

Commentness and voteness, students! Para tuloy-tuloy ang update gabi-gabi! :)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 28.Madalas sabihin sa akin ng lolo kong apat lang ang ngipin na puro bagang pa noon na hindi raw natin kontrolado ang buhay ng isang nilalang. Hindi natin daw sigurado kung hanggang saan siya tatagal sa mundong ito at sa tabi natin.

Kaya raw habang nabubuhay pa sila at nasa tabi pa natin sila, ipakita at iparamdam na natin sa kanila kung gaano natin sila kamahal. Kung gaano sila kaimportante sa buhay natin. Dahil kung hindi raw natin ito ipaparamdam sa kanila baka raw habang buhay tayong magsisi kapag bigla silang nawala.

Mabubuhay tayo na may pagsisi at araw-araw sisisihin ang sarili na kung bakit hindi natin ipinaramdam. Na kung bakit hindi natin ipinakita kung gaano sila kaimportante sa atin.

Ganun naman ang buhay ng isang tao, 'di ba? Punong-puno ng pagsisisi.

Noong nabubuhay pa si Lolo Philip ko kahit nakaka-stressness siya at ang sakit niya bone marrow, palagi kong pinapakita at pinaramdam sa kanya na mahal na mahal ko siya. Kaya noong nawala siya sa akin wala akong pinagsisihan. Naipadama ko naman sa kanya 'yung pagmamahal ko sa kanya noong nabubuhay pa siya. Plastic akong tao pero pagdating kay Lolo ko sweetness ako.

Pero nang mawala si Majinbu sa akin may kaunti akong pagsisisi sa sarili. Sana araw-araw ko sinabi sa kanya na mahalaga siya sa akin. Sana araw-araw kong pinadama na kahit snob siya sa akin madalas mahal ko naman siya. Kaso, wala na, 'e. Huli na ako. Inuna ko kasi ang paglalandi kaysa makipag-bondingness sa alaga kong biik. Kaya kung nasaan man si Majinbu ngayon sana lang masaya siya. Sana marami siyang nalalandi.

O, kung gusto niya isunod ko na si Klode sa kabilang buhay. Para naman 'di siya malungkot kung wala siyang malandi 'dun na iba. Alam ko naman na si Klode lang ang tanging kaligayahan niya, e. Willingness akong katayin ang hindut na bayut para lamang sa ikakasiya ni Majinbu sa kabilang buhay.

Ilang araw na ang lumilipas simula nang mawala si Majinbu sa akin. Andito pa rin sa puso ko ang kirot at lungkot ng pagkawala niya pero hindi na masakit. Kaunti nalang. Nakatulong itong bago bago kong mga biik na bigay ni Elton bhe na si Dudong at Dudang. Sa tulong ng mga anak naming mga biik ni Elton naiibsan ang sakit at pangungulila ko kay Majinbu. Malaki ang pasasalamat ko kay Elton bhe.

"Dudong habulin mo ako!!" natatawang sabi ni Klode kay Dudong saka ito tumakbo papunta kung saan. Mabilis namang tumakbo si Dudong habang si Dudang andito lang sa harapan ko at nakaupo na kanina pa napapairap mag-isa.

"Uy, Dudang!" tinapik ko ang likuran ni Dudang kaya napatingin siya sa akin. "Bakit napapairap ka mag-isa diyan?"

"Oink! Oink!" mataray na sagot ni Dudang sa akin na may bonus pang pang-iirap. Ang sabi niya kapag mang-iirap ba raw kailangan may kasama? Lakas mambara ng biik na 'to.

"Oo kailangan may kasama ka," sagot ko kay Dudang "Dapat by group ang pang-iirap."

"Oink! Oink!" maldita na naman na sagot ni Dudang. Wala raw akong pakialam.

See? Sabi ko sa inyo nababawasan ang pangungulila ko sa pagkawala ni Majinbu, 'e. Itong si Dudang kasi palagi akong binabasag at iniirapan sa tuwing kinakausap ko siya. Ang maldita niyang biik sa totoo lang.

Si Dudong naman parang si Majinbu rin. Patay na patay siya kay Klode. Nung unang beses niyang makita si Klode napatulala na agad siya habang nakatingin sa hindut na bayut. Kumbaga para siyang na love at first sight. Parang ngayon lang nakakita ng kabayo si Dudong na nagsasalita.

Nagtataka rin ako kung bakit ang gaan ng loob ni Klode sa mga biik. Kung bakit ang dali-dali niyang makasundo ang mga nagiging alaga ko. Samantalang ako ang gaspang ng pakikitungo nila sa akin 'e ako naman ang amo nila. Siguro sa past lifeness ni Klode libag siya ng biik dati? O, baka naman almoranas siya? O, kuto? O, baka naman ingrown? Hindi natin masabi.

"Grabe ka, Dudong, ang bilis mo tumakbo. Palagi mo kong nahahabol." bumalik na si Klode papunta sa sala kung nasaan kami habang buhat-buhat niya si Dudong. Magkasundong-magkasundo talaga silang dalawa. Dahil kay Dudong naibsan din ang lungkot ni Klode sa pagkawala ng kalandian niya.

"Close na close na agad kayo, 'no?" tanong ko kay Klode nang umupo siya sa tabi ko.

Inilapag niya si Dudong sa sahig. Pumunta naman ito sa kay Dudang at sabay silang lumapit kay Chris na nakadapa sa may carpet at nagkukulay ng kung ano sa coloring book niya. Itong Chris na 'to wala ng ibang ginawa kundi kumain, matulog, at mag color. Ke-bata-bata pa 'e batugan na.

"Oo nga, e." malungkot na ngumiti si Klode "Kahit papaano nakakalimutan ko ang pagkawala ni Majinbu nang dahil kay Dudong." tapos bigla siyang natawa "Nakakatawa rin pangalan niya. Anong naisip mo at dudong ang ipinangalan mo sa kanya?"

"Wala lang. Iyun lang ang unang pumasok sa isip ko, e." saad ko naman.

"Saka ba't din Dudang? Dudong at Dudang. Grabe, pinag-isipan mabuti ang pangalan. Nahirapan ka isipin 'yun, 'no? I bet, hinalukay mo na ang utak mo para lang sa pangalang Dudong at Dudang."

Binatukan ko si Klode, "Wag mo pagtawanan ang pangalan nila." naiinis kong sagot. "Ang ganda kaya. Lalo na ang pangalang Dudang. Si Elton ang nagbigay 'nun, 'no."

"Si Kuya?" gulat na tanong ni Klode. "Sigurado ka si Kuya nagbigay ng pangalang Dudang?"

Tumango ako, "Oo. Anong tingin mo sa akin sinungaling? Plastic at snob ako sa personal pero hinding-hindi ako nagsisinungaling. Naniniwala kasi ako sa kasabihang 'The family that prays together, stays together'. Kaya neverness akong mag la-lieness."

"In tagalog?" pagtatanong ni Klode. "Anong tagalog 'nung kasabihan na sinabi mo?"

"Ang pamilyang magkakasama, pinalayas ng inuupahan." pagmamalaki kong sagot. "Akala mo hindi ko alam, 'no? Ha! Matalino at bobita kaya ako." sagot ko na kinatawa ni Klode.

"Haha. Ewang ko sa'yo, Althea. Dahil sa kakaganyan mo nagbago si Kuya Elton, e." sagot naman ni Klode na kinagulat ko.

"Ha? Nagbago?" naguguluhan kong tanong. "Paanong nagbago?"

"Hindi mo pansin ang pagbabago niya?" balik tanong ni Klode kaya napailing ako. "Una, palagi na siyang sumasabay sa atin sa pagkain ng almusal at hapunan."

"E? Natural lang 'yun. Nakikita niya tayong kumakain, 'e. Alangang tumunganga lang siya?"

Napaikot ng mata ang hindut na bayut, "Nung wala ka pa rito kahit nakikita niya kaming kumakain hindi siya sumasabay. Palagi siyang nasa kwarto niya at nagtatapos lang ng trabaho kahit kakauwi niya lang galing kumpanya," pagpapaliwanag ni Klode. "Saka, kita mo, ang aga niya na umuwi tuwing gabi? Talagang hinahabol niya ang oras para lang makasabay sa atin maghapunan."

Natahimik ako nang dahil sa sinabi ni Klode dahil inisip ko 'yung sinasabi niya. Tama nga siya. Itong mga nakaraang araw palagi ng umuuwi si Elton bhe ng maaga at sumasabay sa amin sa paghahapunan. Hindi naman siya ganun dati dahil madalas gabing-gabi na talaga siya umuuwi.

"Tapos pangalawa," pagpapatuloy ng hindut "Palagi na siyang nakangiti. 'Di ba, usually, nakasimangot lang 'yun at seryoso kapag nakikita natin? Pero lately nakangiti siya mag-isa. Minsan makikita ko nalang siya na napapasulyap sa'yo tapos iiling at ngingiti mag-isa."

"Ngingiti mag-isa?" balik tanong ko. "Bakit kapag ngumiti pa dapat by group?"

Napaikot na naman ng mata ang bayut, "Ewang ko sa'yo," nainis niyang sagot. "Ang punto ko, ngumingiti na siya nang dahil sa'yo. Alam mo bang ngumingiti lang siya kapag nakikita niya si Ate Jeninna?" nakatingin lang ako kay Klode dahil 'di ko magets ang sinasabi niya. "Di mo pa rin magets? Ano ba, Althea? Nasaan ba ang utak mo? Ang pinakapunto ko, nagiging masaya na siya sa presensya mo."

"Baka naman napapangiti lang si Elton bhe sa akin kapag napapatingin siya dahil gandang-ganda siya sa akin?" pagtatama ko. "Oo, tama. Gandang-ganda lang ang Kuya mo sa beautyness ko." napahagikgik ako.

"Whatever you say," pagmumura sa akin ni Klode "Ikatlo, alam mo bang nakaraan pumunta si Jonas dito? May dala pang bulaklak at chocolates para sa'yo."

Nagulat ako, "Pumunta si Baby Suman ko—ay Jonas pala. Pumunta siya rito? Ba't 'di ko naman nakita?" nagtataka kong tanong.

"Oo, pumunta siya." pagkumpirma ng kabayo "Hindi mo nakita kasi nasa likod ka 'nun at pinapalugan si Dudong at Dudang. Si Kuya Elton ang kumausap sa kanya at sinabing wala ka rito ka sa mansion. Sinabi niyang pumunta ka sa Mall kasama si Nicca."

Mas lalo akong nagulantang, "Ngek? E, 'di naman kami umalis ni student, ah? Paano kami makakaalis ni student kung kinulong ko siya 'dun sa kulungan ng aso ni Chris ng dalawang araw dahil sa paghihimas niya sa muscles ni Elton bhe nakaraan?" jirits kong tanong. Naalala ko na naman kasi 'yung pasimpleng himas ni gagang student kay Elton nakaraan.

"Exactly! Ayaw ka ipakita ni Kuya kay Jonas. Hindi ka na nga niya sinasama sa kumpanya para mag trabaho, 'di ba? Ayaw niya kasing magkita kayo ni Jonas. Gusto niyang siya lang ang nakakakita sa'yo."

Biglang napangisi si Klode habang ako namang litong-lito. Pumunta pala si Jonas rito nakaraan pero 'di ko man lang nakita. May dala pa raw bulaklak at chocolates. Ba't 'di naman nakarating sa akin 'yung mga 'yun? Saka, ba't wala ring sinasabi si Elton tungkol sa pagdalaw ni baby suman ko?

Kahapon din sinabi ko kay Elton bhe na papasok na ako sa kumpanya. Ang dami ko na kasing absent at sunod-sunod na araw pa. Tiyak wala na akong sasahurin. Hindi naman ako pinayagan ni Elton. Ang sinabi niya lang magpahinga lang daw muna ako at bantayan sila Dudong at Dudang. Kung kailangan ko raw ng pera magsabi lang daw ako sa kanya at bibigyan niya raw ako.

Bangko na pala si Elton? O, baka naman 5-6 'yun? Utang pala tapos may tubo? Since, wala akong pambayad baka katawan ko ang hingin niyang pambayad? MEGED! Makautang nga kay Elton mamaya.

"Nasaan napunta 'yung bulaklak at chocolates na dala ni Jonas?"

Napatawa si Klode, "Binigay ni Kuya Elton kay Nicca."

Nagtangis ang bagang ko dahil sa naalala ko. Kaya pala nakaraan may chocolates na kinakain si student at may bulaklak pang hawak. Todo ngiti pa siya habang kumakain ng chocolate. Akin pala ang mga iyun at inangkin lang ng gaga. Humanda sa akin iyang si student. Ikukulong ko ulit siya sa kulungan ng aso ni Chris ng isang linggo. Walang tubig at walang pagkain. Magdusa siya.

"And lastly," muling pagsasalita ng kabayo. "Binigyan ka ni Kuya ng hindi lang isa kundi dalawang biik." nakangisi na naman ang kabayo "Ibigsabihin, ayaw niyang malungkot ka dahil nawala sa'yo si Majinbu. Meaning, he really cares for you." napailing-iling si Elton. "Si Kuya Elton talaga masyadong obvious ang mga ginagawa. Tsk. Tsk. Masyadong interesting mga pinapakita niya ngayon, ah."

Napakunot naman ang noo ko. Wala akong naintindihan sa mga sinabi ni Klode na pagbabago ni Elton bhe. Ano naman kung nagbago siya? Hindi ba magandang senyales iyun kaysa naman magasapang ang ugali niya katulad noong una naming pagtatagpo?

"So, anong pinapahiwatig mo?"

Lalong lumaki ang ngisi ni Klode, "Secret. Ikaw ang bahalang umalam kung ano ang pinapahiwatig ko."

Sasagot pa sana ako kaya lang bigla kaming nakarinig ng busina na galing sa labas ng mansion. Mukhang andiyan na si Elton na nanggaling sa trabaho dahil kilalang-kilala ko na kung anong klase ng busina 'nung kotse niyang gawa sa gagamba.

Maya-maya pa pumasok na nga ng mansion si Elton. Nakita niya kami na nasa sala kaya napahinto siya't napangiti. May dala siyang dalawang paperbag na 'di ko alam kung anong laman.

Nang makita ni Dudong at Dudang si Elton biglang nagtakbuhan ang dalawang biik papunta sa kanya. Mas lalong lumaki ang ngiti ni Elton. Inilapag niya sa sahig 'yung dala niyang mga paperbag at binuhat ang dalawang biik na nasa harapan niya. Kinausap niya ang mga 'to.

"How are my babies?" nakangiti niyang pagmumura sa dalawang biik.

"Pffft. Babies daw." napatawa si Klode habang nasa tabi ko pa.

"Oink! Oink!" sabay na sagot ni Dudong kay Dudang.

Tumingin si Elton sa akin, "Anong sabi nila?"

"Behave raw sila." pag translateness ko sa sinabi ni Dudong at Dudang kay Elton.

Binalingan ni Elton ang dalawang biik, "Talaga? Behave lang kayong dalawa. Dahil diyan may pasalubong ako sa inyong dalawa." sabi ni Elton habang saka kinuha 'yung dalawang paperbag at umupo sa upuan na nasa harap ko. Buhat-buhat niya pa si Dudong at Dudong habang nakakandong ito sa kanila.

"Ano iyan?" nagtataka kong tanong kay Elton.

Tumingin si Elton sa akin saka ngumisi, "Pasalubong ko kay Dudong at Dudang." sabi niya saka yumuko at kinuha palabas 'yung laman ng paperbag.

May kinuha si Elton na isang kulay pink at blue na maliit na damit. Parang. . .

"Para kila Dudong at Dudang ba iyan?"

Tumango si Elton, "Yap! Nakita ko 'to sa internet kahapon kaya inorder ko. Kanina lang dumating sa office." sagot niya na 'di man lang ako tinitignan dahil abala siya sa pagtingin sa damit na hawak niya. "Sana lang kasya sa kanila." tapos tumingin siya sa akin. "Promdi Girl, tulungan mo ako. Damitan natin sila. Tiyak, bagay 'to sa kanila."

Lumapit ako kay Elton at umupo sa harapan niya. Kinuha ko naman si Dudang pati 'yung pink na damit habang si Dudong naman ay dinadamitan na niya. Sakto lang iyung dalawang damit sa dalawang biik. Parang sinukat ito sa katawan nila kahit hindi naman.

"Wow! Ayos. Sakto lang sa inyo. Galing ko talaga." bilib na bilib na sabi ni Elton sa sarili nila. "Teka. Hindi lang iyan. Meron pa rito."

May kinuha ulit na dalawang pahabang box si Elton sa paperbag. Inabot niya 'yung isang box sa akin.

"Para sa akin 'to?" nasiyahang tanong ko.

Kumunot ang noo niya, "Bakit, biik ka ba?" sagot niya "Para kay Dudang 'yan. Itong isa kay Dudong naman." napasimangot ako.

"Akala ko naman akin," bulong ko sa sarili ko at binuksan na ang pahabang box. Pagbukas ko may nakita akong parang dog tag may palawit na puso. Pinagmasdan ko ito ay may nakasulat sa palawit. "Dudang?"

"Para sa leeg ni Dudang 'yan," sabi ni Elton "Ito naman para kay Dudong. Bagay 'to sa leeg nila." tapos kinabit niya sa leeg ni Dudong 'yung dog tag. "Naks! Bagay na bagay sa'yo Dudong, ah."

Napakunot nalang ang noo ko sa pinagbibili ni Elton. Anong pinaggagawa ni Elton sa buhay niya? Napailing-iling nalang ako at isinuot na rin kay Dudang 'yung dog tag—este pig tag na para sa kanya.

"Yan! Ang ganda-ganda mo na, Dudang!" nakangiti kong sabi kay Dudang.

"Oink! Oink!" supladang sabi ni Dudang. Ang sabi niya 'I know right.'

"Minumura mo bako, Dudang, ah?" panenermon ko sa kanya. "Masama iyun!"

"Oy! 'Wag mo awayin si Dudang!" paninita ni Elton sakin tapos kinuha si Dudang sa kamay ko. "Hayaan mo iyang si Promdi Girl, Dudang. Hindi natin 'yan bati." parang bata na sabi ni Elton kay Dudang.

May sayad na talaga 'tong si Elton. Kinakausap na ang biik.

"Teka, anong oras na?" tanong ni Elton saka sumulyap sa malaking orasan sa gilid. "7:30 na pala. Naghapunan na ba kayo?"

Umiling ako, "Hindi pa."

"Good!" napatango-tango si Elton. "Nagmadali akong umuwi para makasabay sa inyo, e. Magbibihis lang ako tapos kakain na tayo." inilapag ni Elton 'yung dalawang biik. "Sandali lang, babies. Magpapalit lang ako ng damit at kakain na tayo."

"Magpapahanda na ako, Kuya." pag singit ni Klode kaya tumango ulit si Elton sa kanya.

Tumayo si Elton saka lumakad na papunta sa hagdanan at umakyat. Pansin na pansin ko 'yung ngiti niya habang umaakyat na parang nasiyahan sa ginawa niya.

Nung nawala na si Elton biglang napatawa si Klode kaya napatingin ako sa kanya.

"Hahahahaha!" tawang-tawa ang hindut. Nakahawak pa siya sa tiyan niya.

"Anong tinatawa mo, hindut?"

"Haha. Wala naman. Natawa lang ako kay Kuya. Sinong mag-aakalang ang isang Elton Alexander Falcon na president ng multi-millionaire company 'e bibili ng damit para sa biik?" napailing-iling si Klode "Grabe ka talaga, Althea. Contagious na ang sayad mo."

Hinablot ko 'yung unan at ibinato kay Klode, "Wala akong sayad. Kuya mo may sayad!"

"Parehas lang kayo!" sagot ni Klode na natatawa pa rin. "Mean to be. Hahaha."

Inaya ko na si Chris papuntang kusina habang buhat-buhat ko naman si Dudong at Dudang. Nang makarating na kami sa dining area pinaupo ko si Chris sa tabi ko habang 'yung dalawang biik naman nasa ibabaw ng lamesa habang naghihintay ng makakain.

Naaalala ko noon na si Majinbu sinita ni Elton nang kasabay itong kumain pero ang dalawang biik pinabayaan niya lang kagabi. Kung andito rin kaya si Majinbu papabayaan na rin kaya siya ni Elton na sumampa sa lamesa habang kumakain kami?

Si Klyde wala na naman ngayon. Kagabi umuwi na siya pero kumuha lang ng damit. Nang magkasalubong kami napaiwas siya ng tingin at napayuko. Tama lang yung ginawa niya dahil 'di pako handa para kausapin siya. Galit pa rin ako sa ginagawa niya.

"PROMDI GIRL!!!"

"AY BAYAG NI ELTON!" bigla akong nagulat nang marinig kong sumigaw si Elton.

Napatingin ako sa may hagdanan at nakita kong nagmamadaling siyang bumaba na boxer na itim at puting sando nalang ang suot na damit. Muli ko na namang nakita 'yung sexyness niyang katawan na palagi kong pinapantasya—este pinupuri dahil sa ganda.

"Bakit?" kinakabahan kong tanong.

"Pauwi ngayon sila Lolo." nagmamadali niyang pagsasalita nang makarating sa kusina.

Nanlaki ang mga mata ko, "Totoo?" sagot ko "Uuwi pa pala siya? Akala ko nakalimutan na niya mga tao rito dahil sa tagal niyang nawala."

Napaikot ng mata si Elton. Hindi siya natawa sa jokeness ko. Wala siyang humor.

Binalingan ni Elton ng tingin si Klode, "Klode, sabihan mo ang mga katulong na kapag nagtanong si Lolo kung anong mga nangyari rito sa mansion habang wala siya sabihin mo ayos lang. Wala namang nangyari. 'Wag natin bigyan ng stress si Lolo. Okay?"

"Yes, Kuya." tumango ang kabayo.

"Bantayan mo muna sila Dudong at Dudang." utos niya ulit kay Klode. Tapos tumingin siya kay Chris, "Chris baby, just stay there. Wait for Lolo, okay?" tumango naman si Chris.

Teka. Ba't anong nangyayari? Parang kinakabahan si Elton.

Bigla akong hinawakan ni Elton sa kamay, "At ikaw sumama ka sa akin."

"Teka, saan tayo pupunta?"

"Basta!" matigas niyang sagot saka ako hinila papaalis ng dining area.

Akala ko kung saan kami pupunta ni Elton pero umakyat naman kaming dalawa sa hagdanan. Mabilis ang lakad ni Elton kaya napapabilis din ang lakad ko dahil nga nagmamadali siya. Natanaw ko na ang kwarto niya at huminto kami sa tapat ng pintuan nito. Binuksan niya ito at hinila ako papasok sa loob.

Nang nasa loob na kaming dalawa ng kwarto ni Elton binitawan na niya ako. Seryoso na ang mukha niya.

"Maghubad ka." bulgaran niyang sabi kaya bigla akong napakapit sa suot ko.

"Ba—bakit?" kinakabahan kong tanong.

"Basta nga. Sundin mo nalang ang sinasabi ko!" naiinis niyang tugon saka mabilis hinubad ang suot niyang sando.

Ngayon tanging manipis na boxer nalang ang suot ni Elton habang nakatayo siya sa harapan ko. Kitang-kita ko na naman ang magandang hubog ng katawan niya. 'Yung dibdib niyang matigas. 'Yung perpekto niyang abs. 'Yung yummyness niyang v-line. Nagutom tuloy ako. Pero hindi gutom ko ang kailangan kong intindihin ngayon kundi kung bakit niya ako pinaghuhubad.

"Ano na? Maghubad ka na." atat na atat niyang pagsasalita.

"Bakit nga?" mas lalo akong napakapit sa damit ko.

Sumeryoso ang mukha ni Elton habang nakatingin sa akin. Hindi siya nagsalita. Bigla niya lang akong tinulak pahiga sa kama niyang malambot.

"Ay! Pisting yawa!" napasigaw ako dahil sa gulat.

Tatayo na sana ako pero mabilis sumampa si Elton sa ibabaw ko. Itinaas niya rin ang dalawang kamay ko at hinawakan ito ng mahigpit. Hindi ako makagalaw.

"Tinatanong mo ba kung bakit?" nag-iba ang boses ni Elton. Naging husky ito. Parang ibang versioness ng Elton ang kaharap ko ngayon.

"Ano—ano bang gagawin?" kinakabahan kong tanong. Nakakatakot si Elton.

Pero ang sexyness niya ngayon.

Pero nakakatakot pa rin talaga siya. Huhuhu.

Pero, rawr, ang sexyness nya habang nasa harapan ko.

Napangisi si Elton. 'Yung ngising makalaglag panty.

"Gagawa tayo ng baby." sabi niya saka tumaas-taas ang kilay niya.

Bigla akong naloka. Bed scene na ba ang kasunod?

==========

Chapter 29

WARNING: SPG!

Enjoy! Alam niyo na gagawin niyo lol.

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 29.

Hindi ako nakagalaw nang sabihin ni Elton bhe na gagawa raw kami ng baby ngayon. Nakahawak pa rin siya sa dalawang kamay ko habang nakasampa ang katawan niya sa katawan ko. Ramdam ko ang kabigatan ni Elton at 'yung bukol niyang tumutusok sa tiyan ko. Jusko. Anong bukol 'yun? Bakit pakiramdam ko unti-unti itong lumalaki at tumitigas?

More tusok more fun ang ginagawa nito sa tiyan ko.

Nang sabihin niyang gagawa kami ng baby Ibigsabihin ba nito susundan na namin ang mga anak naming si Dudong at Dudang? Pero ang babata pa nila. Mahirap magpalaki ng anak, 'di ba? Sakit lang sa ulo.

Napatitig ako sa mukha ni Elton. Sinusuma kung seryoso ba siya. Nakangisi pa rin siya habang nakatingin din sa akin. Hindi ko alam kung seryoso ba siya sa sinabi niya o pinagtitripan niya lang ako.

Alam niyo naman 'tong si Elton may ugaling paasa. Ilang beses na niya akong pinaasa at sinaktan. Alam kong kapag pinaniwalaan ko itong sinabi niyang gagawa kami ng baby mapapa-emoteness na naman ako ng bongga kapag 'di naman natuloy. Mahirap kayang mag move-on. Mahirap mag move-on sa isang bagay na inaasahan mong matutuloy at matutupad.

"O, bakit 'di ka na nagsasalita diyan?" nagsalita si Elton. "Hinahanda mo na ba ang sarili mo?"

Nakayuko siya sa akin. Hindi talaga nawawala 'yung ngisi niya na makalaglag panty. Pakiramdam ko nga malalaglag na ang panty ko kahit nakahiga ako sa kama, 'e.

Kapit lang panty ko. 'Wag kang papadala sa ngisi ni Elton. Kahit wala ka ng garter kumapit ka lang sa bewang ko. 'Wag kang mahuhulog. Pagkausap ko sa panty ko sa isipan ko. Kapag nahulog ka hindi lang ikaw ang masasaktan. Parehas tayo. Hindi ka sasaluhin ni Elton dahil may ibang panty siyang nais saluhin. 'Yung panty ni Lolit Solis.

"Anong handa pinagsasabi?" balik tanong ko sa kanya "Alam ko namang 'di 'to matutuloy, e."

Napalunok si Elton. 'Yung adam's apple niya gumalaw sa lalamunan niya. Kay sarap kagatin.

"Bakit mo naman nasabing 'di matutuloy?" muling napangisi si Elton. Napayuko pa siya lalo kaya ilang inches nalang ang pagitan ng mukha namin sa isa't isa. "Sinusubukan mo ba ang isang Elton Alexander?"

Naamoy ko na ang hininga ni Elton. Ang bango talaga. Iniinom niya ba ang pabango niya sa katawan kaya pati bibig niya ang bango ng hininga? Pakiramdam ko sasaboy na ang puso ko ngayon kaya kailangan ko kumalma kahit gusto ko ng idikit ang labi ko sa mapupulang labi ni Elton. Rawr ulit.

"Kasi hindi pa tayo kumakain." saad ko sa kanya. Napaiwas ako ng tingin dahil bigla akong nahiya sa titig ni Elton sa akin. Pakiradam ko sa titig niyang iyun may nangyayari na sa utak niya.

"We can eat each other," pagmumura ni Elton sa akin.

Muli kong hinarap ang mukha niya, "Aba, nagkakamurahan na naman tayo, e."

Napatawa siya, "Sabi ko ayos lang kahit hindi pa tayo kumakain, Promdi Girl." naging husky na naman ang boses ni Elton. "Pwede naman natin kainin ang isa't isa ngayon."

Napatulala ako dahil 'dun sa sinabi niyang pwede naman namin kainin ang isa't isa ngayon. Nanigas ang buong katawan ko. Bakit parang mas lalong sumexyness si Elton

ngayon? Bakit para ring uminit ang buong paligid kahit naman ramdam kong nakabukas ang aircon? Ramdam ko na sa buong katawan ko ang biglaang pawis na naglabasan. Pati singit ko pawis na pawis na. Baka amoy araw na 'to.

"El—Elton hindi ka nakakatuwa, ah." nauutal kong pagsasalita. "Hindi ganyan si Elton na kilala ko."

"May side kaming mga lalaki na sa isang tao lang namin pinapakita, Promdi Girl." pagsagot niya. Humigpit ang pagkakahawak niya sa kamay ko. "Ito ang side ko na hindi pa nakikita ng iba at sa'yo ko lamang ipapakita." nag-aalab ang mga mata ni Elton bhe.

"Kailangan ko rin ba ipakita ang side ko sa'yo na 'di ko pa pinapakita sa iba?" nagtataka kong tanong.

Napayuko siya saka muling tumingin sa akin. May ngiti na umikit sa mapupula niyang labi.

"Pwede rin. Ipakita natin sa isa't isa ang side natin na 'di natin pinapakita sa iba." sagot niya saka mas lalo niyang idinikit ang mukha niya sa mukha ko. Kaunting galaw nalang niya magdidikit na ang mga labi naming dalawa "You made confused, Promdi Girl. You made me insane. I can't think of right thoughts at this moment. All I want to do is to make you mine." pagmumura sa akin ni Elton pero kinilig na naman ang malalandi kong organ sa katawan. Lahat sila nahimatay.

Ibubuka ko palang ang bibig ko nang biglang idinikit ni Elton ang labi niya sa leeg ko. Napakagat ako sa sarili kong labi nang maramdaman ko 'yung labi ni Elton. Ang init nito. Pakiramdam ko napapaso ang leeg pero hindi masakit. Kakaibang sensasyon ang idinulot ng labi niyang nakadikit sa leeg ko. Ang init ng labi ni Elton. Napapaso ako. Nag-aalab. Nae-exciteness ako.

Bumaba ang labi ni Elton sa balikat ko. Napasinghap ako nang dumikit din ang labi niya sa balikat ko. Mas lalo kong naramdam ang init. Hindi ko alam kung ang init ba na iyun ay dala ng labi niya o dahil nararamdaman ko rin na ang init ng katawan ni Elton? Biglang uminit ang katawan niya.

Binitiwan ni Elton ang mga kamay kong hawak-hawak niya. Akala ko kung anong gagawin niya. 'Yun pala hahawakan niya ang laylayan ng suot kong blouse. Napatingin siya sa akin. 'Yung mga mata niya ang daming emosyon na gustong ipahiwatig. Mga emosyon na 'di ko alam kung anong ibigsabihin.

"Promdi Girl?" pagtatawag niya sa akin. Dumoble—naging triple ang sexyness sa boses ni Elton. Para siyang humihingi ng pahintulot para itaas at hubarin ang suot kong blouse.

Hindi ako nakaimik. Hindi ko alam kung paano ako sasagot. 'Yung utak ko biglang naging blangko. Pakiramdam ko sa mga oras na 'to hahayaan ko lang si Elton na gawin ang gusto niyang gawin sa akin. Pakiramdam ko hahayaan ko siyang angkinin at kuhain ang gusto niyang kuhain sa sarili kong katawan.

Hindi na hinintay ni Elton bhe ang sagot ko. Naramdaman kong itinaas niya na ang sarili kong blouse. Paakyat na ang kamay niya para tuluyan itong mahubad. Pero nang nakalampas na ang kamay niya sa dibdib ko pinigilan ko siya.

"Wag!" matigas kong pagsasalita. "Wag, Elton." pagpigil ko sa kanya. Namula bigla ang mukha ko dahil sa naalala ko.

"Bakit?" dama ko ang disappointmentness sa boses ni Elton. Para akong na-guiltyness dahil sa pagpigil ko sa kanya. "Bakit mo ko pinigilan?"

Napakagat na naman ako ng labi ko. Hindi sigurado kung sasabihin ko ba ang rason ng pagpigil ko sa kanya. Para akong kakainin ng hiya. Kahihiyan sa sagot na sasabihin ko.

"Kasi may butas ang bra ko. Hindi ko pa natatahi." mabilis kong sagot saka biglang napatakip ng mukha dahil sa labis na kahihiyan. Jusko. Sana bumukas ang lupa at kainin na ako ng buong-buo.

"Pffft." narinig kong napaimpit ng tawa si Elton kaya mabilisan kong inalis 'yung kamay ko sa mukha ko para tignan siya. Pag tingin ko sa kanya nakaiwas siya ng tingin at pinipigilan ang pagtawa niya.

"Punyemas ka!" naiinis kong saad "Bakit ka tumatawa, aber?" hiyang-hiya ang mukha ko dahil sa pagtawa niya.

Umalis si Elton sa ibabaw ko saka tumayo sa harapan ko. Nananatili pa rin akong nakahiga sa kama kaya bumangon ako. Napatalikod si Elton pero kitang-kita ko na yumuyugyog 'yung balikat niya. Ibigsabihin tawang-tawa siya at ayaw niya lang ilabas ang tawa niya.

"Hoy!" sigaw ko sa kanya. "Anong nakakatawa kung butas ang bra ko? 'Di ba ang mga lalaki mahihilig naman sa butas? Bwisit na 'to!" panenermon ko sa kanya.

Humarap siya sa akin tapos bigla ng bumulalas ang tawa niyang kanina niya pa pinipigilan.

"Hahahahaha," ang lakas ng tawa ng bwisit. Nakahawak pa siya sa abs niya. "Ibang klase ka talaga, Promdi Girl. Alam na alam mo kung paano sirain ang mood?"

Kumunot ang noo ko, "Sirain ang mood? Sinira ko ba?" balik na tanong ko. "Hindi ko naman sinira, ah? Ang sabi ko lang may butas ang bra ko at nakakahiya kung makikita mo." napatingin ako sa lamp shade na nasa gilid. Ito lamang ang ilaw na bukas. "Pwede natin patayin ang lamp shade?"

"Hahahahah!" natawa na naman ang kufal "Hindi na. Hindi na natin itutuloy 'to."

saad niya "Ayokong kuhain ang first time mo. Save it." napakamot siya ng ulo niya. "Lumabas ka na ng kwarto ko, Promdi Girl. Baka 'di ko na mapigilan ang sarili ko."

Napatahimik ako dahil sa sinabi niyang 'di na namin itutuloy. Kita niyo 'tong bwisit na 'to. Pagtapos gawin sa akin 'yung mga ganun bigla niyang sasabihin na 'di na tuloy? Lakas mambitin, amputness.

"Promdi Girl? Ba't nananahimik ka diyan?"

Inis kong tinignan si Elton kaya bigla siyang nagulat. Tumayo ako at naglakad papunta sa harapan niya.

Napaatras si Elton, "Oy! Ba't ganyan ka makatingin? Parang may masama kang binabalak, ah?"

Hindi ako sumagot. Naglakad lang ako papunta sa harapan niya. Nang nasa harapan na niya ako bigla kong hinawakan ang magkabila niyang balikat. Nakatingin ako sa kanya ng seryoso habang siya naguguluhan sa gagawin ko.

"O—oy, bakit?" nauutal niyang pagsasalita.

"Masamang binibitin ang snob sa personal at plastic na kagaya ko," seryoso kong pagsasalita saka siya itinulak papunta sa kama niya. Napahiga siya. Babangon sana siya pero mabilis akong sumampa at umupo sa tiyan niyang may matigas na abs. Napalunok na naman siya, "Oy! Anong gagawin mo?"

"Just watchness and see!" pag e-english ko sa kanya. Mabilis kong hinawakan ang magkabila niyang kamay paitaas. 'Yung muscles niya tuloy sa braso niya biglang lumabas. Pati 'yung buhok niya sa kilikili bigla kong nakita. Ang sexyness ngayon ni sa itchura niya ngayon. Ginawa ko sa kanya ang ginawa niya sa akin kanina. "Handa ka na ba?" mapangasar kong tanong sa kanya.

Kabado siyang napalunok. 'Yung pawis ni Elton sa noo biglang lumabas. Kabado ba siya? Aba, dapat lang. Ipaparanas ko sa kanya ang ipinaranas niya sa akin kanina.

Napakagat ng labi si Elton, "Nakakatakot ka, Promdi Girl."

Napangisi ako, "Matakot ka lang, Elton bhe. Matakot ka lang at damhin ang higanti ko." saad ko "Gagawa tayo ng version natin ng fifty shades of grey. Ang atin Fifty Shades of Promdi Girl." nanlaki ang mata ni Elton.

"Ba't alam mo 'yun?" pagtatanong niya.

"Nabasa ko ang libro 'nun." proud kong sagot.

"Naintindihan mo naman ba?"

"Hindi. Bakit ko kailangan intindihin?" tugon ko saka yumuko. Magkalapit na ang mukha namin ni Elton. "Ikaw lang ang kailangan kong intindihin."

Ramdam ko ang kaba ni Elton kaya mas lalo akong natuwa sa paghihiganti ko sa kanya. Dahan-dahan ko ng idinidikit ang mukha ko papunta sa leeg ni Elton. Sinusundan niya ako ng tingin. Muli kong naramdaman ang init ng katawan ni Elton dahil nga nakaboxer lang siya. Malapit ko ng dumikit ang labi ko sa leeg ni Elton nang biglang bumukas ang pintuan ng kwarto at iniluwa nito si Lolo Andres.

"Elton, andito raw si Althea—" bigla siyang napahinto sa pagsasalita at nanigas sa kinatatayuan niya. Gulat siyang napatingin sa aming dalawa ni Elton. Huling-huli niya ang eksena. Kitang-kita ni Lolo Andres na nakaupo ako sa tiyan ni Elton habang nasa kama kaming dalawa. "What's the meaning of this, Elton?" pagmumura niya kay Elton.

Hiyang-hiya akong umalis sa katawan ni Elton saka umupo sa gilid ng kama. Si Elton naman bumangon at umayos ng pagkakaupo. Ramdam ko ang galit na titig ni Lolo Andres sa aming dalawa ni Elton. Galit ba siya? Ako rin galit, e. Istorbo kasi siya. Ba't ngayon pa siya kailangan sumulpot. Chos!

"Elton, Althea, pwede ko bang malaman kung anong nangyayari rito?" seryosong tanong ni Lolo A. Napatingala ako at napasulyap sa kanya. Seryoso ang mukha niya. Hiyang-hiya ako. Nakakaloka.

"Lolo, it's not what it looks like." pagmumura ni Elton kay Lolo Andres. "Hinihilot lang ni Promdi Girl—I mean, Althea, ang katawan ko. 'Di ba, Althea?"

Napatingin ako kay Elton. Naguluhan, "Hinihilot?" balik tanong ko. "Di ba ang sabi mo gagawa tayo ng baby?" napasampal si Elton sa noo niya.

"Elton?" tumaas ang boses ni Lolo Andres. "Totoo ba? May nangyari na?"

"Lo, wala pa!" bwelta ni Elton. "I'm just messing with her."

"Don't kid me, Elton Alexander. You do not go that far just to mess with woman." pagmumurang sagot ni Lolo A. "Hindi porket papakasalan niyo ang isa't isa ay nangangahulugan ng hahayaan ko na may mangyari. For peter's sake, Elton. Just wait until you two get married. Ayokong may mabuo na 'di pa kayo nakakasal. Baka kung ano nalang ang sabihin ng kumpadre ko na Lolo ni Althea."

Napahilamos ng mukha si Elton, "Lo, wala pa ngang nangyayari!" naiinis niyang sagot. "At 'di ko rin hahayaan na may mangyari."

"E, ba't ganyan ang suot mo?" tanong muli ni Lolo Andres. "Bakit naka-boxer ka lang habang nasa kwarto kayong dalawa ni Althea? Bakit nakasampa siya sa katawan mo?"

Napaikot ng mata si Elton, "Kayo nga mag-usap ni Althea, Lo!"

Sumagot ako, "Oo nga, Lolo A. Tayo nalang mag-usap. Anong topic gusto mo?" tanong ko. "Recipe ba ng suman ko? Greek Mythology? Theories of the Universe? Name it, Lo! Kahit ano masasagot ko."

"Square root of 88?" sagot ni Lolo Andres.

"Ay! Wala sa pagpipilian ang math. 'Walang ganyanan." tugon ko. Napansin kong tumayo si Elton.

"Saan ka pupunta, Elton Alexander?" tanong ni Lolo A kay Elton.

"Maliligo, Lo. Gusto mo bang sumama?" walang ganang sagot ni Elton.

"Bilisan mo maligo at mag-uusap pa tayo." saad ni Lolo at saka ako naman ang binalingan. "Althea, sumama ka na sa akin sa baba. Baka 'di na makayanan ng isa diyan at may matuloy pa."

Napaikot ng mata si Elton saka dumiretso na papasok sa banyo niya. Tumayo naman ako at sumundo kay Lolo Andres palabas ng pintuan. Habang naglalakad kami sa may pasilyo nagsalita siya.

"Talaga bang wala pang nangyayari, Althea apo?"

Umiling ako, "Wala pa, Lo." napabulong ako "Istorbo ka, e."

"Ha?"

"Hehe. Wala, Lo. Ang sabi ko namayat ka." napangiti lang si Lolo. "Stress overload ba, Lo? Nahanap niyo na ba si Erwin?"

May kinang sa mata si Lolo, "Malapit na." sagot niya. "May goodnews ako."

"Ano po?"

"Mamaya ko sasabihin para marinig din ng iba," tugon niya. "Anyway, kumusta naman ang trato ni Elton sa'yo? Hindi ka naman ba nahihirapan sa pakikisama sa kanya?"

Napaisip ako nang dahil sa tanong ni Lolo Andres. Hindi ba ako nahihirapan sa pakikisama sa kanya? Nung una lang nahihirapan ako. Palagi akong nasasaktan at napapaiyak. Pero itong mga sumunod na araw nag-iba ang trato ni Elton sa akin.

Madalas na rin siyang ngumiti. 'Yung ideya ko na sasabihin ko sana kay Lolo Andres na hindi na ituloy ang kasal ay biglang nawala.

Pero natatakot ako. Natatakot ako sa ideyang paano kung ituloy pa rin ang kasalan sa aming dalawa ni Elton? Hindi ba may girlfriend si Elton? Hindi ba napag-usapan naming dalawa ni Elton na 'di siya makakapayag na matuloy iyun dahil sa girlfriend niyang mahal na mahal niya?

Paano kung nag-iba lang ang trato ni Elton sa akin dahil ayaw niyang may samaan kami ng loob once masabi niya mismo kay Lolo Andres na 'di na itutuloy ang kasal? Paano kung nag-iba lang siya ng turing sa akin dahil naaawa siya sa kalagayan ko? Paano kung puro awa lang ang lahat?

Saan ako pupulutin kapag mas lumalim ang feelings ko para kay Elton? Saan ako pupulutin kapag itong pagkagusto ko sa kanya at napunta sa pagmamahal? Alam ko namang 'di niya ito masusuklian dahil hindi naman siya driver ng jeep at may iba siyang minamahal. Paano ako? Paano naman ang prettyness na si Althea Josefa? Tiyak ako lang ang uuwing talunan at nasaktan.

Siguro kailangan ko ng sabihin kay Lolo na 'wag na ituloy ang kasal. Alam kong 'di kaya iyun sabihin ni Elton ngayon dahil 'di niya alam kung paano sasabihin kay Lolo A na may girlfriend siya. Alam niya kasing ako ang gusto ni Lolo para sa kanya. Pero hindi naman iyun sapat kung 'di naman ako ang gusto ni Elton.

"Althea, apo?" narinig kong pagtatawag sa akin ni Lolo Andres.

Hindi ko siya pinansin dahil abala ako sa mga iniisip ko. Sa sobrang lalim ng mga katanungan na nasa utak ko 'di ko na namalayan na hagdanan na pala ang nasa harapan ko. Nagkamali ako ng apak kaya bigla akong nadulas at gumulong pababa ng hagdanan. Ilang beses pang nauntog ang ulo ko.

"ALTHEA!!" sigaw ni Lolo Andres saka dali-daling bumaba.

Agad naman akong tumayo para ipakita sa kanyang okay lang ako.

"Okay lang ako!" mabilis kong sagot.

"Sigurado ka?" nag-aalala niyang tanong. "Wala bang masakit sa'yo?"

"Meron. Itong puso ko." Tinuro ko pa ang puso ko.

Natawa si Lolo Andres, "Hahaha. Laughtrip diz."

Napangiti nalang ako sa sarili ko. Akala niya siguro nagbibiro lang ako. Totoo naman iyun, e. Masakit na naman ang puso ko dahil naguguluhan na ako. Naguguluhan na ako kung ipaglalaban ko ba si Elton o hindi. Anong silbi ba ng paglaban ko kung

may nauna na sa akin sa puso ni Elton? Bakit kailangan maging komplikado ang lahat?

Pumunta na kami sa may dining table at naupo. Andun na rin si Klode at Chris na nakaupo sa kabilang side ng lamesa. Nasa dulo naman si Lolo Andres habang nasa gilid niya si Sir Fernando. Fishy talaga 'tong dalawang matanda. Bakit kaya palagi silang magkasama?

"Where's Klyde?" tanong ni Lolo Andres kay Klode.

"He's not home, Lo. Ilang araw na." sagot naman ni Klode.

Napailing-iling nalang si Lolo A, "Ano bang nangyayari diyan sa batang iyan. Habang lumalaki mas lalong nagrerebelde. Hindi ko na alam kung paano papatinuin."

"Don't stress yourself, Lo. Alam naman siguro ni Klyde ang ginagawa niya." saad ng hindut.

Dumating na si Elton na nakasando at short na. Mukhang nahiya na kay Lolo Andres dahil naabutan siyang naka-boxer lang kanina. Umupo ito sa tabi ko kaya amoy na amoy ko na ang katawan niyang kakaligo lang. Bago pa siya umayos ng pagkakaupo kinurot pa niya ako sa tagiliran.

"Susuntukin kita sa ngalangala. Makikita mo." pagbabanta ko sa kanya. Napangisi lang si Elton bhe sa akin.

"Kumusta ang paghahanap niyo kay Erwin, Lo?" pagtatanong ni Elton kay Lolo Andres. Napatingin kaming lahat kay Lolo Andres at hinintay ang sagot. May ngiti na kumubli sa labi niya.

"Good news!" masayang niyang pag anunsyo. "Mukhang makikita na natin si Erwin. May nakakita raw sa kanya sa isang liblib na baryo somewhere sa Cebu. Hindi pa ito sigurado pero hindi ako nawawalan ng pag-asa. Kaya mas dobleng mga tauhan ang pinapunta ko 'dun para mas mapadali ang paghahanap sa kanya."

"Oh, God. Thank you!" napasalamat ang hindut. "Sana makita na talaga natin si Kuya Erwin. Ang tagal na niyang nawawala." malapad na napangiti si Klode.

"That's good news." napangiti rin si Elton. "Para naman 'di na dumoble ang mga trabaho sa akin sa kumpanya. Marami ng trabaho si Erwin na 'di nagagawa."

"That's right. And may naisip din ako habang bumabyahe ako pabalik dito." muling pagsagot ni Lolo Andres. "Since mukhang nahihirapan ka na, Elton, babaguhin ko ang plano."

"What plan?" kumunot ang noo ni Elton.

Napangisi si Lolo Andres, "Kapag nakita ko na si Erwin. Siya na lang ang ipapakasal ko kay Althea," tapos tumingin sa akin si Lolo. "Okay lang ba sa'yo, Althea? Mas gwapo si Erwin kaysa diyan kay Elton."

Hindi ako nakasagot sa tanong ni Lolo Andres. Napasulyap lang ako kay Elton na kasalukuyang ang sama-sama ng titig sa plato na nasa harapan niya. Parang gusto niya itong basagin sa mukha ng Lolo niya. Chos!

==========

Chapter 30

PAKIBASA MUNA:Sa may mga twitter diyan maaari na pala kayong mag tweet ng #MyWattysChoice That Promdi Girl or That Promdi Girl #Wattys2015 as many as you can everyday or sa tuwing nagbabasa kayo ng updates. The more tweets the more chances of winning! lol. Ipanalo natin si mam bobita. Patunayan natin ang kapangyarihan ng kanyang mga students. Wala ng makakapigil sa atin! Wahahahahaha.

GE. BASA NA! Comment and vote. Thank you! :D

THAT PROMDI GIRL

written by owwSIC

Chapter 30.

Gusto ko sanang pumayag sa suhestiyon ni Lolo A na si Erwin nalang ang papakasalan ko kapag nakita na niya ito at naiuwi ng mansion. Siguro nga mas maganda na iyung ideya na iyun kaysa na si Elton bhe pa ang pakasalan ko. Mas mabuting si Erwin nalang tutal naman wala iyong sabit at maaari kong angkinin ng buong-buo na parang sarili kong pag-aari. Hindi gaya ni Elton bhe na 'di ko maaaring angkinin dahil may nagmamay-ari na sa kanya na ang pangalan ay Oprah Winfrey.

Mas gwapo pa raw ito kay Elton kaya pak na pak talaga. Kung gwapo na itong si Elton na tipong pwede mo ng ihanay sa mga sikat na lalaking artista ngayon dahil sa sobrang kakisigan. Ano nalang pala ang mukha nitong si Erwin kapag nakita ko na sa personalness? Edi, nahulog ng tatlong beses ang panty ko kahit isang panty lang naman ang suot ko na sira pa ang garter?

Alam ko rin na hindi ako mahihirapang pakisamahan si Erwin kapag nagkataon. Base sa mga chismosang katulong dito sa mansion si Erwin daw ang pinakakasundo at pinakagusto nila sa mga magkakapatid na Falcons. Palagi raw kasi itong nakangiti. Palagi silang kinakausap na may nakaukit na ngiti sa labi. Tinatrato raw sila na parang ordinaryong tao lang at hindi mga chismosa-este katulong.

Hindi gaya nitong si Elton bhe na nung una palaging nakasimangot na akala mo

pinaglihi ng mama niya sa sama ng loob. 'Yung tipong halos magkadikit na ang mga kilay dahil palaging nakakunot ang noo niya. Akala mo rin illegalness sa mundo niya ang pag ngiti. Noong una rin kaming nagkita iritadong-iritado siya sa akin sa 'di ko alam na dahilan. Galit ata kasi siya sa magaganda.

Pero 'yung ugali na iyun ni Elton biglang nagbago kamakailan lang. At sa totoo lamang mga kaibigan hindi ako maaaring magpa-apekto sa pagbabago ng pakikitungo sa akin ni Elton. Alam ko kasing kapag mas lalo siyang naging mabait sa akin mas lalo akong mahuhulog sa kanya. Mahulog na tipong hindi lang ang puso ko ang mawawasak kundi ang buong pagkatao ko.

Siguro nga mas maganda na itong ideya ni Lolo A na si Erwin nalang at h'wag na si Elton. Nang sa ganun mapipigilan ko pa itong nararamdaman ko at itong unti-unting pag-asa na nabubuo sa puso ko na maaari ako kay Elton kahit nakapangako na naman sa iba ang puso niya.

"Althea?" pagtatawag sa akin ni Lolo A. Hindi ko pa pala nasasagot ang tanong niya.

"Po?" napakamot ako ng ulo. "Ano nga po ulit tanong niyo? Pasensya na po at nag monologue muna ako sa utak ko. Kailangan po kasing pinag-iisipan ng mabuti ang isasagot."

Ngumiti si Lolo A, "Sabi ko ayos lang naman sa'yo kung kay Erwin nalang kita ipakasal, 'di ba? Mas madali 'yun pakisamahan kaysa diyan kay Elton. Tiyak, magkakasundo agad kayo ni Erwin."

Parang sumakit ang puso ko nang dahil sa sinabi ni Lolo Andres. Kahit hindi niya directness na pinagkukumpara ang dalawa niyang apo, ang lumalabas naman na mas mahusay si Erwin sa mga mata niya. Alam ko ang history ng kabataan ni Elton kung saan palagi silang pinagkukumpara kaya walang ibang magawa si Elton para patunayan ang sarili niya.

Napasulyap ako kay Elton. Titig na titig pa rin siya sa plato niya. Kapansin-pansin din na napayukom na ang kamao niya na parang gusto ng sumuntok. Nagagalit ba siya? Kung oo, saan siya nagagalit? Nagagalit ba siya sa ideyang kay Erwin nalang ako ipapakasal at hindi sa kanya o nagagalit siya dahil para kay Lolo A mas magaling si Erwin kaysa sa kanya?

Muli akong tumingin kay Lolo A para sumagot na sana. Pero naputol ang sinasabi ko nang biglang sumingit si Elton.

"You kidding, right?" napataas na ang boses ni Elton. Nagulat kami sa tono ng boses niya. Alam ko na malaki ang respeto niya sa matanda pero ngayon parang nakakalimutan niya na Lolo niya ito sa sobrang inis niya. "Anong tingin mo kay Althea, Lolo. Isang bola na pwedeng pagpasa-pasahan? Na kung sinong mas magaling mag dribble sa kanya dapat ipasa si Althea?"

Kumunot ang noo ko, "Huy!" napabulong ako kay Elton. "Ba't napunta sa basketball ang usapan? Naliligaw ka ata?" pagsasalita ko sa kanya pero 'di niya ako pinansin.

Snob ang Kuya niyo. Hindi kasi naka-scoreness sa akin kanina. Hayaan niya mamaya makakapuntos na siya-jokeness! Baka sa mukha ko na isampal ni Elton 'tong platong nasa harapan niya.

Napangisi si Lolo A, "Why are you mad, Elton? I am just making your life easier. Hindi ba, 'di ka naman pabor sa ideyang ipakasal ko sa'yo si Althea? So, bakit ka nagagalit ngayon?"

"I'm not infavor." pagmumura ni Elton sa matanda. "Hindi ba pumayag nga agad ako?"

Napakapit ako sa upuan ko dahil naging intense na ang usapan. Nagkakamurahan na si Lolo A at Elton habang andito pa kami sa hapagkainan. Ang hindut na bayut seryoso lang din nakikinig na akala mo naiintindihan niya 'yung pinag-uusapan. Mahina kaya siya sa english kaya tigilan niya pag papanggap. Habang si Chris naman, as usualness, walang imik. Pipi pa rin at batugan.

"Just because you agreed immediately does not mean you are in favor. Elton Alexander, kilala kita. Kahit anong sabihin ko agad mong sinusunod. Whethere you like it or not you always do my request." saad ni Lolo Andres. May mapaglarong ngiti sa labi niya 'di mawala-wala "Pero napag-isipan ko na itong request ko na pakasalan mo si Althea ay masyado ng sobra. Ayokong pahirapan ka, apo."

Hindi umimik si Elton. Nanahimik siya sa sinabi ni Lolo na parang may malalim na iniisip. Hindi ko alam kung ano ang tumatakbo sa isipan niya ngayon. Pero alam kong galit pa rin siya. Nakikita ang galit sa gwapo niyang mukha. Pero infairness, ang gwapo niya talaga magalit. Kakyot mo bhebhe ko.

"After ko rin mag retire sa company iti-take over ko na ang kompanya sa inyo ni Erwin. But of course, Erwin will have the position as the chairman. By means of that, he needs to settle down." tumingin sa akin si Lolo A "At si Althea ang nakita kong perfect na kauna-unahang maging asawa ng isa sa mga apo ko."

"I object!" napasigaw na si Elton. Napatayo na rin siya sa inuupuan niya. "Hindi ako makakapayag!"

"Do not raise your voice against me, Elton Alexander!" napatayo na rin si Lolo A. Mukhang magkakasapakan na ang mag lolo. Kanino kaya ako pupusta? "At bakit ka naman 'di makakapayag? May magagawa ka ba?"

"Lolo, what about Kwinnie? Anong gagawin mo sa kanya kung ipakasal mo si Erwin kay Althea?" balik tanong ni Elton. "Tingin mo ba papayag si Erwin? You know him. I know you do. We both knew how much he loves Kwinnie." napatahimik si Lolo A "Nasabi na sa atin ni Erwin before mangyari ang aksidente na magpapakasal na sila ni Kwinnie. Kaya impossible na pumayag siya sa ideya mo."

Ngayon naman 'di nakaimik si Lolo Andres. Pero hindi pa rin nawawala ang ngiti ni Lolo sa labi niya na parang nasasayahan siya pinapakitang reactioness ni Elton.

"This agruement is already over. That promdi girl," pagtuturo sa akin ni Elton. "Will marry me. Period!" huli niyang sinabi saka nag walk-out.

Nakasunod lang kami ng tingin kay Elton na naglalakad palabas ng dining area. Bago pa siya tuluyang makalabas nakita niya si student na buhat-buhat si Dudong at Dudang. Kinuha niya ito kay student saka na siya umakyat papuntang hagdanan. Jusko, nanganganib ang mga anak kong biik. Inis si Elton ngayon baka gawin niyang BBQ sila dudong at dudang. Kailangan ko makahingi ng parte ko mamaya. Mukhang malinamnam ang mga taba 'nung dalawang iyun, 'e.

Nang mawala na si Elton sa dining area kung nasaan kami biglang bumulaslas ng tawa si Lolo Andres habang nakatayo. Napakapit pa siya sa tiyan at napahawak sa lamesa para suportahan ang pagtawa niya. Si Klode at Sir Fernando naman ay napailing-iling nalang sa pagtawa ni Lolo Andres. Parang may natatawa silang nasaksihan na 'di ko alam kung ano.

Gusto rin tumawa dahil ayokong napag-iiwanan ako pero paano ako tatawa kung 'di ko naman alam ang dahilan ng pagtawa. Hindi naman ako tanga, 'no. Bobita lang ako.

"Did you see his reaction? It was epic! Hahahaha." pagmumura ni Lolo Andres habang tumatawa pa rin. "Ang sarap-sarap talagang asarin niyang si Elton Alexander. Masyado kasing seryoso sa buhay niya."

"Si Lolo talaga palaging iniinis si Kuya," natatawa ring saad ni Klode. "Kulang nalang umusok na ilong niya sa galit, Lolo. Mukhang 'di talaga siya makakapayag."

"I know, Klode, apo. I just want to see his reaction. At hindi nga ako nagkamali," napatigil na sa pagtawa si Lolo Andres na ngayon ay nakangiti nalang. "I know hindi siya papayag dahil bata palang silang dalawa sinabi na nila sa akin na silang dalawa ang magpapakasal. This is not just arranged marriage. This is a promise that they made since they were still little kids. I am just helping them to fulfilled their promise to each other." pagsasalita ni Lolo na may halong mura.

"I will never foget how Elton's eyes look when he says to me that he wants to marry my friend's granddaughter. In such a young age, he already knows who he wants to marry." pagpapatuloy ni Lolo A "Nang dahil sa mga mata niyang iyun naalala ko ang anak kong si Erwan sa kanya. Nung panahon na sinabi sa akin ni Erwan na papakasalan na niya ang mama niyo. Parehong-pareho sila ng mga mata. Eyes that full of emotions and happiness."

"Ano pong nangyayari, Lolo A?" pagtatanong ko. Gusto ko sanang itanong kung bakit kanina pa siya mura ng mura, e. Kaso 'wag na. Baka isipin pa niya 'di ko naintindihan 'yung mga english niya.

Umiling si Lolo A, "Wala naman, Althea, apo. Pinagtripan ko lang si Elton. Laughtip diz talaga 'yung reaction niya," ngumit ito sa akin. "Don't worry nagbibiro lang ako sa ideyang si Erwin ang ipapakasal ko sa'yo. Alam kong 'di papayag si Elton sa ideyang 'yun. Gusto ko lang talaga malaman ang side niya at tama nga ako. Hindi

siya makakapayag." sabi nito. "He really treasured you since you were still a kid."

Binigyan ko nalang ng ngiti si Lolo bilang sagot. Hindi ko alam ang isasagot ko sa sinabi niya. Hindi ko rin naman kasi naintindihan. Lols. Pero nalungkot ako. Ibigsabihin tuloy ang kasalan sa aming dalawa ni Elton. Tuloy ang paglalim ng feelings ko sa kanya. Tuloy ang sakit na makukuha ko once si Elton na ang magsabi kay Lolo na 'di na matutuloy ang kasal. Siguro kailangan ko na talagang maghanda. Maghanda sa ano mang sakit na makukuha ko sa hinaharap.

Pero asa pa naman ako. Kahit naman ihanda ko ang sarili ko sa maaaring pighati at sakit na matatamo ng puso ko nang dahil kay Elton alam kong wala itong silbi. Dahil kapag nasaktan ka, kahit anong paghahanda ang gawin mo wala itong kwenta. Dahil ang hinanakit na makukuha ng puso ay hindi nadadaan sa kung anong paghahanda. Kailangan lang yakapin ang sakit at damhin ito hanggang sa masanay na ang puso mo sa sakit na bumalot dito.

May mga bagay kasi sa buhay mo na kahit anong pang paghahanda ang gawin mo wala pa rin itong silbi. Parang ang puso mo. Kahit ihanda mo ito, mawawasak pa rin ito sa huli. Mawawasak ito sa paraang hindi mo inaasahan. Nakakatakot pero ganun talaga. Kailangan lang natin maniwala sa kasabihang 'Until there's life, there's hope.' O sa tagalog, 'Bawal utang. Bukas pwede.'

Nang matapos na kaming kumain nag tungo kami ni Lolo Andres sa sala. Kakausapin niya raw ako. Tinanong niya ako kung kumusta ang buhay ko rito sa mansion sa loob ng isang b'wan kong pamamalagi. Nagulat nga ako kasi isang b'wan na pala ako andito. Ang bilis ng panahon. Hindi ko man lang namamalayan. Parang pag-ibig ko kay Elton. Umusbong sa 'di ko inaasahan na paraan.

"Ayos lang po," nakangiti kong sagot. "Nung una nahihirapan ako pero nasanay na rin. Nasanay na ako makipagplastikan sa mga katulong dito."

Napahagikgik si Lolo, "Hindi ka talaga nagbago, Althea. Mula bata ka palang sinasabi mo ng nakikipagplastikan ka lang sa mga tao sa paligid mo."

Nagulat ako, "Po? Mula bata pa ako? Kilala niyo na po ba ako dati pa?"

Tumango siya, "Oo. Hindi mo ba natatandaa? Palagi akong bumibisita sa probinsya niyo noon."

"AH!" nagulat kong sagot. "Sabi na nga ba, e. Kamukha niyo po 'yung nasaksak sa probinsya namin."

Napanganga si Lolo A, "Anong nasaksak? Hindi ako nasaksak." natawa siya "Pero ang totoo talagang sasabihin ko sana sa inyo ni Elton ay mamadaliin na natin ang kasalan niyong dalawa. Next week engagement niyo na at ipapakilala na kita sa mga kaibigan ko at business partners. Tiyak magugulat silang lahat dahil ang isa sa apo kong hahawak sa business ko ay ikakasal na."

"Alam po ba ni Elton 'to?" kinakabahan kong tanong.

Siyet lang. Next week na agad ang engagement? May plano na ba si Elton sa kung papaanong paraan niya sasabihin kay Lolo na 'di matutuloy ang kasal?

"Hindi pa," nakangiti nitong sagot. "Sigurado naman ako na walang magagawa si Elton sa gusto. Tiyak din na matutuwa pa iyun."

Hindi, Lo. Hindi iyun matutuwa dahil may iba siyang mahal. Mapapagod lang kayo. Madi-disappointness sa biglang pag-urong ni Elton.

"O, ba't nanahimik ka diyan? Hindi ka ba nae-excite, Althea?" nagtataka niyang tanong.

"Nae-exciteness po," sagot ko. 'Nae-exciteness masaktan. Push mo iyan, Lolo A. Ipush kita next week.'

"Good!" masaya nitong tugon. "Alam kong masasayahan kayo ni Elton sa kasalan na ito. Ito kasi ang pangarap niyong dalawa. Tanda-tanda ko pa noon kung paano niyo sinasabi sa amin ni Kumpadreng Philip na paglaki niyo magpapakasal kayo."

"Teka, Lo. Naguguluhan ako. Anong nung mga bata palang kami ni Elton? Magkakilala na ba kami ni Elton nun?" nawindang kong tanong. Hindi ko naman kasi maalala na kilala ko na si Elton nung bata palang kaming dalawa.

"Oo, hindi mo rin-"

"Sir Andres, may urgent meeting po. Gusto raw po kayo makausap ng Italian Investors." biglang sumingit si Sir Fernando na nanggaling kung saan. Naputol tuloy ang sinasabi ni Lolo A. May hawak itong telepono.

"Hindi ba pwedeng ipagpabukas iyan?" seryosong tanong ni Lolo Andres.

Umiling si Sir Fernando, "No, sir. Kailangan daw po kayo makausap as soon as possible."

"Busit na mga Italian Investor iyan. Panira ng moment." napasimangot si Lolo A saka tumingin sa akin. "So, paano, apo. Mag-usap nalang tayo some other time. Kailangan ko muna mag trabaho dahil mahigit isang b'wan din akong nawala." ngumiti ito. "Pwede ka ng pumunta sa kwarto ni Elton. Pero, bawal ang alam niyo na, ah? After ng kasal niyo nalang."

"Bakit po ako sa kwarto ni Elton pupunta? E, hindi naman 'dun ang kwarto ko."

Nagulat ang matanda, "Saan ba ang kwarto mo? Hindi ba magkasama na kayong matulog?"

Napakagat ako ng labi. Oo nga pala. Ang alam ni Lolo A sa iisang kwarto na kami ni Elton natutulog. Hindi ko pwedeng sabihin na magkabukod na kaming dalawa dahil tiyak mai-stressness lang 'tong matanda.

"Dun nga po. Namali lang ako ng dinig. Hehe. Alam niyo na. Kapag magaganda nabibingi."

"Hahaha. Laughtrip diz every moment ka talaga, apo. Masaya akong dumating ka rito sa mansion." hinalikan ako ni Lolo A sa pisngi. "Goodnight, Althea."

"Goodnight, Lolo A." magalang kong sagot saka tumayo na.

Nag bow pa sa akin si Sir Fernando bago ako tuluyang umalis sa sala. Bakit kaya siya nag bow? Feeling niya ba nasa stage siya at kakatapos niya lang mag performness? Feelerness si Sir Fernando.

Umakyat na ako sa hagdanan at naglalakad na papunta sa kwarto ni Elton. Huminga muna ako ng malalim bago ako kumatok. Narinig kong sumagot si Elton mula sa loob na pumasok daw ako. Pagkabukas ko ng pintuan naabutan ko siyang nakahiga sa kama niya habang nakasandal ang likuran sa headboard ng kama at nagla-laptop. Nasa may tabi niya si Dudang at Dudong na parehas ng tulog.

"Ang alam ni Lolo dito ako natutulog." seryoso kong pagsasalita.

"Alam ko," sagot ni Elton na 'di man lang ako tinatapunan ng tingin.

"Paano 'yan?" muli kong tanong.

Napatingin na siya sa akin, "Anong paano iyan? Edi tabi tayo matulog. Ang laki-laki ng kama ko." naiinis niyang sagot saka muling binaling ang tingin sa laptop.

Snob naman nito. Ba't kaya pati sa akin naiinis siya.

Naglakad na ako papunta sa kama ni Elton saka humiga sa kaliwang parte. Nasa kaliwang parte ng kama si Elton habang nasa gitna naming dalawa ang dalawang biik na mahimbing ng natutulog. Feelness na feelness niya talagang anak namin si Dudong at Dudang, 'no?

Habang nakahiga ako 'di ko mapigilang hindi mapangiti. May naalala kasi ako.

"Anong ngini-ngiti mo diyan?" pagsasalita ni Elton. Nakatingin na siya sa akin habang nakangiti na rin. "Iniisip mo na may mangyayari ngayong gabi, 'no?" may pangangasar sa boses niya.

"Asa ka, boy." sagot ko. "Hindi pwedeng gumawa ng ganun dahil baka bigla na namang pumasok si Lolo A. Alam mo naman 'yun panira ng momentness." dagdag ko pa. "Naisip ko lang 'yung nung araw na dumating ako rito sa mansion. Dito rin ako natulog sa kwarto mo, 'di ba? Hindi nga lang dito sa kama. 'Dun ako sa sofa." natatawa kong pahayag.

"Yeah. 'Yun 'yung araw na nagsimulang magbago ang buhay ko." mahinang sagot ni Elton saka niya pinatay ang laptop niya at inilagay ito sa table na nasa gilid.

Bago pa humiga si Elton pumunta muna siya sa may paanan namin para iangat 'yung kumot na malambot paitaas. Ang amoy ng kumot na 'to ay parang katawan ni Elton. Pakiramdam ko tuloy yinayakap ako ni Elton ngayon. Ang bango ng kumot. Gusto kong ibaon ang mukha ko rito.

Wala na nagsalita sa aming dalawa. Parehas na kaming nakahiga. Tanging pag tik-tok ng orasan at buga ng aircon lang ang naririnig ko sa kwarto ni Elton. Isama mo pa ang malakas na pagkalabog ng puso ko. Ang bilis na naman ng tibok ng puso ko. Naririnig kaya iyun ni Elton?

"Promdi Girl gising ka pa?" nagsalita si Elton. Hindi niya matiis ang katahimikan.

"Oo. Bakit? Miss mo agad ako?" natawa ako "Andito lang naman ako sa kabilang side ng kama."

"Asa ka." natawa si Elton.

"Kapag ba umasa ako pwede na rin akong umasa na mapapansin mo rin ako?" mahina kong sagot.

"May sinasabi ka?"

"Wala! Sabi ko ang gwapo mo."

"Alam ko." mahinang napatawa si Elton. "Crush mo nga ako, 'di ba?"

"Asa ka." pang-gagaya ko sa kanya.

Muli na naman kaming nanahimik pero nagsalita na naman si Elton.

"Promdi Girl?"

"Ano ba? Natutulog na ako." pag-iinarte ko.

"Wala lang."

"Baliw."

"Gusto ko lang marinig boses mo."

Nagulat ako sa sinabi ni Elton kaya bigla akong napabangon.

"Ano? Anong sabi mo?"

"Wala!" kinuha ni Elton 'yung isang unan at ibinato sa mukha ko. "Wag ka maingay. Natutulog nako." sabi niya saka tumagilid.

"Wala raw. Narinig ko naman 'yun. Tse." saad ko saka muling nahiga.

Kahit anong pilit kong pag pikit 'di pa rin ako inaantok. Hindi na nagsalita si Elton. Tulog na kaya siya?

"Elton?" pagtatawag ko sa kanya.

"O?" ay gising pa pala.

"May itatanong ako," tugon ko. "Bakit kumontra ka kanina nung sinabi ni Lolo Andres na ipapakasal na ako nalang ako kay Erwin? Hindi ba mas maganda 'yun? Mawawalan ka ng problema. Wala ng hadlang sa inyo ni Taylor Swift?"

"Paano napunta si Taylor Swift sa usapan?" nagtataka niyang sagot.

"Yung girlfriend mo bobo." napaikot ako ng mata. "Sana pumayag ka nalang sa sinabi ni Lolo A. Para 'di kana mamoblema. Paano pag nalaman 'yun ng girlfriend mo?"

"Promdi Girl, akong bahala. 'Wag mo problemahin ang problema ng ibang tao."

"So, payag ka na pakasalan ako?"

Hindi umimik si Elton.

Malungkot akong napangiti sa sarili ko at the same time naaawa rin. Hindi ko alam kung saan ko ilulugar ang sarili ko kay Elton. Hindi ko alam kung ano bang tumatakbo sa isipan niya. Ayaw niya akong pakasalan dahil may girlfriend siya pero gusto niya pa ring matuloy ang kasal namin. Gulo niya bwisit.

Sana lang 'wag lumingon si Elton sa akin dahil makikita niya ang mukha kong kaawa-awa.

"Promdi Girl?" muling pagtatawag sa akin ni Elton.

"Hmm?" pagsagot ko sa kanya. Hindi ko kayang magsalita. Pakiramdam ko maiiyak na ako.

"Wala. Goodnight."

Narinig ko siyang humugot ng buntong hininga.

"May last akong tanong."

"Ano 'yun?"

Humugot muna akon ng malakas na pwersa bago itanong ang tanong ko.

"Paano kung nasa iisang bangka tayo ng girlfriend mo. Tatlo lang tayo. Palubog na 'yung bangka tapos ikaw lang ang marunong lumangoy. Sinong ililigtas mo? 'Yung bangka o 'yung sagwan?" natawa si Elton "Biro lang 'yung bangka at sagwan. Sinong ililigtas mo? Ako o 'yung girlfriend mo?"

Nanahimik si Elton. Ilang segundo muna ang lumipas bago siya sumagot na naging dahilan para mawasak ang puso ko ngayong gabi.

"Yung girlfriend ko siyempre." mahina niyang sagot pero rinig na rinig ito ng puso't isipan ko.

"Mahal na mahal mo talaga siya, 'no?" natatawa kong sagot. "Sige. Goodnight."

Mas dumoble ang awa ko sa sarili ko. Bakit kasi kailangan ko pa itanong 'yun sa kanya? Alam ko naman 'yung ang isasagot niya, e. Alam ko naman na 'yung girlfriend niya ang ililigtas niya kung sakali. Sino ba ako para unahin niya? Sino ba ako para pag-aksayahan niya maligtas? Bakit ako umaasa sa isang tao na 'di ko naman alam ang lugar ko o may ilulugar ba ako sa puso niya?

Isang oras na ang lumipas pero 'di pa rin ako makatulog. Si Elton tulog na siguro dahil 'di na siya gumagalaw. Mabuti pa siya nakatulog agad samantalang ako 'di man lang dalawin ng antok. Ganito siguro kapag malapit lang sa tabi mo 'yung taong gusto mo. Mas pipiliin mong gising para ma-enjoyness ang momentness kaysa matulog nalang.

"Elton?" pagtatawag ko sa kanya ng mahina.

Hindi siya sumagot. Tulog na tulog na siya. Ngayon ko sasabihin sa kanya na gusto ko siya. Para kahit naman tulog siya nasabi ko ang nilalaman ng puso ko.

"Gusto kita." mahina kong bulong. "Gustong gusto kita kahit ang sakit sakit na."

Napangiti ako sa sarili ko saka tumagilid na rin para matulog. Hinayaan na tumulo ang luha ko at umaasang sa pag gising ko, hindi na ako masaktan pa.

Charot! Matutulog nalang mag e-emoteness pa. Ganda ko talaga.

==========

Chapter 31

Students! Simula na ang voting para sa People's Choice Award ng #Wattys2015. Paano bumoto? Mag tweet lang kayo ng #MyWattysChoice #Wattys2015 My Promdi Girl sa twitter as many as you can. Paramihan 'to ng boto. 1 week lang ang botohan kaya sana bumoto kayo para manalo ang ang kabobohan ni Althea. Wahahahaha.Anyway, Happy Birthday Brylan Klyde Falcon and Brent Klode Falcon!! Love you kwins--este twins. LOL!COMMENT AND VOTE! THANKS!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 31. ELTON'S POV.

Naiinis pa rin ako hanggang ngayon kahit ilang oras na ang lumipas nang dahil sa argumento namin ni Lolo kanina. Alam kong sinusubukan niya lang ako nang sabihin niyang si Erwin nalang ang ipapakasal niya kay Althea kapag nakita na niya ito't naibalik dito sa mansion. Pero kahit ganun, hindi ko pa rin maiwasang hindi maasar. Umakyat lahat ng dugo ko sa ulo ko sa sobrang inis.

Actually, hindi ako kay Lolo o Erwin naaasar. Naaasar ako mismo sa sarili ko dahil hindi ko maintindihan ang sarili ko. Bakit galit na galit ako sa ideyang iyun? Hindi ba mas maganda na nga na mangyari 'yun. Mas maganda ng si Erwin na ang magpakasal kay Althea kaysa ako? Nang sa ganun mawawalan na ako ng problema at 'di ko na masasaktan si Jeninna sa hinaharap.

Pero bakit? Bakit nagalit ako nang ma-imagine kong lumalakad si Althea papunta sa altar habang may malaking ngiti sa labi niya at hinihintay naman siya ni Erwin sa harapan? Why it makes me angry when I think that Althea is smiling not because of me but because of someone else? Why I can't understand myself anymore? It's getting really frustrated.

Promdi Girl makes me insane. She put my heart and my mind into battlefield. They battle everyday. My mind says I should cancel the wedding as soon as possible. But my heart is saying otherwise. My heart wants to fulfill it. My heart wants to marry Althea. Araw-araw nag-aaway silang dalawa kung anong kailangan gawin. Pero in the end of the day, my heart still wins. My hearts wants to marry her.

But, I shouldn't follow my heart. Hindi palaging tama ang puso ng isang tao. Hindi porket gusto ng puso mo gagawin mo na ang isang bagay. Maraming consequences na naghihintay sa dulo kapag sinusunod mo ang sinasabi ng puso mo. Maraming masasaktan. Maraming masasagasaan. Paano ako magiging masaya sa isang bagay kung may nasaktan naman akong iba para lamang makuha ito?

The quote 'Following your heart means breaking someone else's' is correct. It will break someone else's heart when you follow your own heart.

"Elton?"

Napatigil nalang ako sa mga iniisip ko nang muli kong marinig ang pagtawag sa akin ni Promdi Girl. Sa boses niya lang na iyun lahat ng gumugulo sa utak ko biglang naglaho. She put me at ease in instant. I felt my own heart smiled. Everytime she calls my name my heart melts. Hindi ko alam kung bakit. Pero ganun ang nararamdaman ko. She always sends emotions in my heart that I can't understand.

Hindi agad ako nakasagot sa pagtatawag niya sa akin. Nakatagilid ako ng higa. Magkatabi nga pala kami ngayon sa kama dahil ang alam ni Lolo sa iisang k'warto lang kami natutulog.

Though, hindi kami literal na magkatabi. Nasa gitna namin si Dudong at Dudang na mahimbing na rin na natutulog. Si Dudong at Dudang na mga biik na sinasabi ni Promdi Girl na mga anak daw naming dalawa. I smiled in my own thought. We look like one big happy family.

Tatagilid na sana ako paharap kay Althea nang bigla ko na naman siyang narinig na magsalita. I didn't expect what she said. Nanigas ang buong katawan ko sa gulat. Her sudden confession made me immobile.

"Gusto kita." mahina niyang pag-amin. Ang lungkot-lungkot ng boses niya. I could even imagine her own tears rolling down to her cheeks.

"Gustong-gusto kita kahit ang sakit-sakit na." she added as if I felt her own heart is breaking into pieces while confessing her true feelings.

Hindi ko alam kung anong dapat kong maramdaman. Dapat ba akong matuwa o malungkot? Napangiti ako pero agad iyung napawi nang pumasok sa isip ko si Jeninna.

Gusto kong matuwa pero ayaw akong payagan ng utak ko. Kapag natuwa ako ibigsabihin pinagtataksilan ko na si Jeninna. For sure, kung makita niya lang ako ngayon at mabasa ang nasa isip ko, alam kong masasaktan siya. Hindi ko kayang saktan si Jeninna. I can't. I really can't.

Gusto ko ring malungkot. Nalulungkot at nasasaktan dahil alam kong hindi masaya si Althea sa ideyang gusto na niya ako. Alam kong dahil 'dun nahihirapan na siya. Alam niya kasing hindi ko kayang suklian ang nararamdaman niya. Alam niyang 'di ko siya

kayang pasayahin dahil hindi ko siya kayang piliin.

Why am I hurting her? Bakit hindi ako pwedeng maging masaya na walang nasasaktan na iba? Hindi ba pwedeng maging masaya nalang ako at walang masaktan dahil sa kaligayahan ko?

I closed my eyes. Forcing myself to sleep. I need to pretend that I didn't hear anything. Kailangan para hindi na mas lalong masaktan si Althea. Sigurado akong kapag alam niyang narinig ko ang pag-amin niya at wala akong magawa mas lalo siyang masasaktan. Pero kahit anong pilit ko sa sarili ko na matulog hindi pa rin ako nakakatakas. Gising na gising pa rin ang buong pagkatao ko.

Pinakiramdaman ko muna si Althea kung tulog na ba bago ako gumalaw. Nang masigurado kong tulog na siya agad na akong bumangon sa kama. Napatingin ako sa kanya. Mahimbing na siyang natutulog. Kahit tulog na siya may luha pa rin sa gilid ng mata niya. Malungkot din siyang natutulog. Parang hanggang sa pagtulog niya nahihirapan siya at nasasaktan.

Bahagya akong lumapit sa kanya at pinunasan 'yung luha niya. 'Yung luhang alam kong ako ang pangunahing rason kaya lumabas. Ito lang ang kaya kong gawin para sa kanya. Ang punasan ang luha niya. Dahil 'yung pagmamahal na gusto niya ay 'di ko kayang ibigay.

I stared at her face for a moment. Maikli akong napangiti sa 'di ko alam na dahilan.

"Promdi Girl," mahina kong pagsasalita saka na tumayo ng kama.

Kinuha ko muli 'yung laptop ko saka pumunta sa balcony ng kwarto ko para magpahangin. Alas-dose na ng madaling araw pero 'di ako pa rin ako inaantok. Kailangan kong i-divert ang atensyon ko sa isang bagay. Kasi kung hindi baka mabaliw na ako.

When I opened my laptop, a message sudden popped up. It was from Jeninna. Gusto kong mapangiti pero hindi ko magawa. Kung noon sa tuwing nag me-message siya agad akong napapangiti at sumasaya pero ngayon hindi ko kaya. Pakiramdam ko kasi niloloko ko siya. Pakiramdam ko nagiging tulad na ako ng Mama niya. She hates her mom. Lalong lalo na ang Papa niya.

I typed my reply and wait for a few moment. Maya-maya pa biglang may invitation for a videocall. I clicked accept then there's Jeninna. She greeted me with a big smile in her face. I felt bad. Alam kong once malaman niya ang nangyayari sa buhay ko hindi na niya ako mangingitian ng ganyan.

"Alexander." she said my name in her sweetest tone. "How are you?"

Hindi pa rin nagbabago si Jeninna. Kahit ilang b'wan na kaming hindi nagkikita ganun pa rin siya. She's still stunning and gorgeous. Her angelic smile is still in

her face. Parang lalo siyang gumanda ngayon.

"I'm fine," sagot ko saka ngumiti. "You are still gorgeous."

She laughed, "Bolero!" sagot niya. "Day off ko ngayon kaya may time ako para mag internet. Mabuti nalang online ka pa. Did I wake you up?" nag-aalala niyang tanong.

I shook my head, "No. Hindi pa naman ako natutulog. May trabaho pa kasi akong tinatapos."

"Trabaho?" parang 'di niya naniniwalang sagot. "Baka naman iba 'yang tinatrabaho mo. May babae ka, 'no? May ibang babae diyan sa kwarto mo, 'no?"

Bigla akong nagulat sa tanong niya. Pakiramdam ko sasabog ang puso ko dahil sa sobrang kaba.

Bago pa ako makasagot bigla na siyang natawa.

"I'm just kidding," she said while laughing "Alam ko naman na malabong mangyari 'yun." napatigil siya sa pagtawa. "But you know what, Alexander, if ever mangyari 'yun, hindi ako magagalit sa'yo. Maiintindihan ko. Kasi palagi akong wala sa tabi mo. It's okay kung makahanap ka ng iba. I'll understand."

"I will never do that!" mabilis kong sagot "Hindi ako tutulad sa Mommy mo."

Napatigil siya saka napailing-iling, "I never said that you'll be like my Mom." she looked at me "I'm just saying if ever you cheat on me I will never hate you." ngumiti siya "You know, I can't hate you."

Napatahimik ako sa sinabi ni Jeninna. Alam kong sinasabi niya lang 'yan dahil nagi-guilty siya dahil palagi siyang wala sa tabi ko. Pero sigurado akong masasaktan siya. Muli niyang mararamdaman 'yung sakit na ginawa sa kanya ng Mama niya. 'Yun ang ayokong mangyari.

"Thank you for trusting me."malungkot akong napangiti kaya napatigil si Jeninna.

"Why are you so down?" nag-aalala niyang tanong. "Is there any problem, Alexander? You can tell me anything."

I shook my head again, "Wala naman. Namiss lang kita."

Tinignan niya ako ng seryoso, "Alam kong may gumugulo sa utak mo. You can share it with me. Maybe, I can't fix it but I'll listen to it. Para mabawasan ang bigat ng nararamdaman mo."

She's too thoughtful. Mas lalo tuloy akong kinakain ng konsensya ko.

I took a deep breath, "Paano kung may gumugulo sa'yo. May gusto kang gawin pero nagtatalo ang utak at puso mo. 'Yung isip mo ayaw gawin 'yun habang 'yung puso mo naman ay gusto. Anong gagawin mo? Anong susunding mo? 'Yung utak mo ba o ang puso mo?"

Napatitig siya sandali sa akin saka napangiti, "Simple lang. Sundin ang sinasabi ng puso ko." sagot niya "You know, Alexander, when your heart wants something, you should follow it. Walang ginugusto ang puso natin na isang bagay na hindi tayo nagiging masaya."

"E, paano kung mali 'yung gusto ng puso mo?" mabilis kong tanong.

Hindi nawala ang ngiti niya, "Nagiging mali lang ang desisyon ng puso mo kapag pinagsisihan mo ang naging resulta ng isang bagay na ginusto ng puso mo." she said confidently "Ang utak ng tao ay walang ibang gusto kundi ang tama at nararapat. Habang ang puso naman natin ay walang ibang gusto kundi ang magpapasaya sa atin." napatigil siya "Sa buhay ng tao hindi dapat palaging 'yung tama at nararapat ang sinusunod. Minsan kailangan 'yung magpapasaya rin sa atin."

"E, paano naman kung 'yung magpapasaya sa'yo ay 'yun naman ang ikakasakit at ikakalungkot ng iba?" muli kong pagtatanong. "Itutuloy mo pa rin ba?"

She nodded, "Yes. I will still do it." Inayos ni Jeninna ang buhok niya. "Hindi palaging ang ibang tao ang kailangan natin isipin, Alexander. Sometimes we need to think for ourselves. For our own benefits and satisfaction. For our own happiness. Maikli lang ang buhay para mag adjust na mag adjust sa kapakanan ng iba. Hindi natin mahahanap ang tunay na kaligayahan kung pati kaligayahan ng iba 'e iisipin mo. It's okay to be selfish. It's okay to hurt others sometimes. After all, we are just humans. We commit mistakes for our own happiness."

Napatahimik ako. Hindi ko na alam ang itatanong ko kay Jeninna. Hindi ko rin alam kung maaari kung i-apply sa sarili ko 'yung mga sinabi niya. Sigurado akong nasasabi niya lang 'yun dahil hindi niya alam ang gumugulo sa isipan ko. Pero tiyak mag-iiba ang pananaw ni Jeninna kung malaman niya ang problema ko. And for sure, kung malaman niya, alam kong magagalit siya sa akin.

"You have a problem, Alexander, right?" muling pagsasalita ni Jennina kaya napatuon ang pansin ko sa laptop. Ngumiti ako at napaiwas ng tingin. "Tumingin ka sa akin, Alexander." and I did.

"Listen," pagsasalita niya ulit. "I might not there everytime you needed me but you could have my support for everything you want to do. Sa lahat ng gagawin mo palagi lang akong naka-suporta sa'yo tulad ng pag suporta mo sa akin para i-pursue ang modeling career ko rito sa New York," ngumiti si Jen "Kung may gumugulo sa'yo, just listen to your heart. Siya ang pakinggan mo. Sundin mo ang sinasabi niya."

Napahinto si Jen saka muling nagpatuloy, "You deserve to be happy, Alexander. I know I can't give the happiness that you really deserve because I'm too far away," napahinto siya. Iniisip siguro kung anong susunod niyang sabihin. "But, if you find your true happiness with someone else, I will support you. Hindi mo kailangan magpaka-hero para sa iba upang isipin ang kasiyahan nila. Think for your own happiness. Search for it. Then, if you find it, grab it. And never let it go."

"Hindi ako nagpapaka-hero, Jen." natawa ako. Palagi niya kasing sinasabi na pakiramdam ko raw 'e nagpapaka-hero ako para sa iba.

"Hindi mo lang alam sa sarili mo pero 'yun ang ginagawa mo," natawa rin siya. "feeling mo si Superman ka na kailangan iligtas ang kapwa mong nangangailangan. You have to remember na tao ka lang. You don't have to save someone."

"Thank you, Jen." pagpapasalamat ko sa kanya "Thank you for everything."

"Ako dapat ang magpasalamat sa'yo, Alexander," pagsagot niya.

"I love you." nakangiti kong pagsasalita.

She smiled, "I know." tugon niya. "I know how much you love me. Anyway, may surprise pala ako sa'yo."

"Ano 'yun?"

"Nakakuha ako ng 1 week day off. Uuwi ako next week diyan!" masaya niyang pagbalita.

"Really?" nanlaki pa ang mga mata ko. "Promise, I will take a day off too. Para araw-araw tayong magkasama next week!"

"Dapat lang!" natawa siya.

I yawned, "So, paano? See you next week?"

Tumango siya, "Sure. I'll call you kapag andiyan na ako. I'm so excited to see you."

"Me too." sagot ko.

Nag flying kiss pa si Jen bago ko pinatay 'yung laptop ko. Mahigit dalawang oras din pala kaming magkausap. Nang matapos kaming mag-usap saka ako nakaramdam ng antok. Pumasok na ako pabalik sa kwarto ko. Pag pasok ko agad kong napansin si Promdi Girl na halos mahuhulog na ng kama. Nakanganga pa siya matulog. Napatawa ako sa sarili ko saka siya inayos ng pagkakahiga.

Humiga na rin ako sa kama. Pinag-isipan 'yung mga sinabi ni Jen sa akin kanina. Napaisip kung maaari ko ba 'yun gamitin sa sarili ko. Pero alam kong hindi. Iba ang situation na kinalalagyan ko ngayon. Kapag pinili ko si Promdi Girl ibigsabihin masasaktan ko si Jen. I can't hurt her. She's too precious to me.

Habang nakatitig sa kawalan biglang bumalik sa isipan ko 'yung tanong ni Promdi Girl kanina.

"Paano kung nasa iisang bangka tayo ng girlfriend mo. Tatlo lang tayo. Palubog na 'yung bangka tapos ikaw lang ang marunong lumangoy. Sinong ililigtas mo? Ako o 'yung girlfriend mo?"

"Yung girlfriend ko."

Napatingin ako kay Promdi Girl. Umupo ako sa kama saka inayos 'yung buhok niyang tumatakip sa mukha niya. Ang gulo niya matulog. Ang likot. Parang bata.

"Yung girlfriend ko ang ililigtas ko," pagkausap ko sa kanya kahit mahimbing siyang natutulog. "Siya ang ililigtas ko kasi ayoko siyang masaktan. Pero it does not mean na wala akong pakialam kahit malunod ka. I'll just save her tapos babalikan naman kita sa dagat para sabay tayong malulunod." napapikit ako. "Crap! Ano ba 'tong pinagsasabi ko. Antok na talaga ako."

Wala sa wisyo kong yinuko ang mukha ko at idinikit ang labi ko sa noo ni Promdi Girl. Hinalikan ko siya sa noo. Kusa nalang gumalaw ang katawan ko sa nangyari. Natigilan ako at agad bumalik sa sarili kong pwesto sa kama.

"Oink! Oink!" biglang nagsalita si Dudong kaya napatingin ako sa kanya. Nagising pala siya.

Ngumisi ako, "Wag ka maingay. Secret lang natin 'yun." sabi ko saka yinakap si Dudong at natulog na.

Natulog ako na may katanungan sa utak ko.

Ano ba dapat kong sundin?

Ang sinasabi ng puso ko?

O ang inuutos ng utak ko?

Shit. I'm too sleepy. Sana bukas may makuha na akong sagot.

==========

Chapter 32

Hanggang July 19 lang ang botohan para sa People's Choice Award sa twitter. Kaya kung sa tingin niyo ay karapat-dapat ang kwento ni Altheang Bobita na manalo iboto niyo siya. As many as you can. 1 tweet = 1 vote. Kahit ilan yan!! Ganito ang pagboto.

That Promdi Girl #MyWattysChoice

Play SOLDIER by Before You Exit while reading! Vote and comment! Thanks! =)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 32.

Tandang-tanda ko pa noong bata pa ako ang prettyness-prettyness ko talaga—jokeness. Tandang-tanda ko noon na kapag sumasapit ang unang araw ng bakasyon palagi akong excitedness. Hindi dahil wala ng pasok o dahil hindi na ako lalakad ng ilang kilometro makapunta lamang sa PABEBE elementary. Excitedness ako tuwing unang araw ng bakasyon dahil sa araw mismo na 'yun palaging dumarating si Ton-Ton sa lugar namin para dalawin ang prettyness na si ako.

Si Ton-Ton ay apo ng kaibigan ng Lolo ko na 'di ko alam ang pangalan. Basta Lolo rin ang tawag ko sa kanya kasi matanda na siya. Ang gwapo-gwapo ni Ton-ton saka ang yaman-yaman pa niya. Pero kahit laki siya sa yaman hindi siya mapang-api ng mahihirap. Mabuti ang pakikitungo niya sa lahat at lalong-lalo na sa akin na kababata niya. Ibang-iba siya umasta sa ibang mayayaman na katulad niya.

Ang linis niya rin sa katawan hindi tulad ng mga kababata ko sa probinsya na dugyutin ang itchura at amoy bukid. Si Ton-ton ang bango-bango niya. Palagi niya nga ako hinahayaang amuyin ang suot niya, e. Palagi niya akong hinahayaan sa mga gusto ko. Palagi lang siyang nakangiti sa akin. Kahit bata palang ako noon natutunan ko na agad lumandi nang dahil kay Ton-ton. Siya kasi ang first crushness ko.

Ipinangako pa sa akin ni Ton-Ton na paglaki raw namin kaming dalawa ang magpapakasal. Sinabi pa namin ito sa mga Lolo namin. 'Nung una tinawanan lang nila kaming dalawa ni Ton-ton. Akala kasi nila nagbibiro lang kaming dalawa nga dahil mga bata palang kami. Pero nandigan talaga si Ton-ton. Minura niya ang mga Lolo namin.

"We are not joking, Lolo. We really want to marry each other when we grow up!" pagmumura niya sa Lolo niya. Humigpit pa ang pagkakahawak ni Ton-Ton sa kamay ko 'nun. "Lolo, I've never asked for anything. Just this one. Please, let me marry her when we grow up. I want to make Thea happy. I want Thea to have a wonderful family with me."

Napatigil ang mga Lolo naming dalawa sa mga sinabi ni Ton-ton sa kanila lalong-lalo

na sa sarili niyang Lolo. Hindi ko alam kung bakit pero bigla silang nagkatinginan sa isa't isa habang si Ton-ton naman ay titig na titig pa rin sa Lolo niya at hindi binibitawan ang kamay ko.

"Are you sure, apo?" pagtatanong niya kay Ton-Ton. "You really want her to marry?"

Nagkakamurahan na ang mag Lolo habang kami ng sariling Lolo ko nakikinig lamang.

Napatango si Ton-Ton, "Yes." saad niya sa Lolo niya. "I really want."

"But, why her?" napangiti ang Lolo niya. Parang ngiting mapang-inis. "She's not your type, right?"

"Lolo, listen." Sagot niya sa Lolo niya saka napatingin sa akin at ngumiti. "She may not be my type but she's the one I really love." tapos itinuon niya ang pansin sa Lolo niya. "And for the record, Lolo. You don't marry the person you have a type. You marry the person you truly love."

Lumapad ang ngiti ng Lolo niya at napatingin sa Lolo ko. "Paano ba iyan, Kumpadre. Gusto talaga siya ng apo ko, e. Hahayaan mo naman ang apo na pakasalan ang apo mo, 'di ba?"

"Kung iyun ang gusto nila edi wala tayong magagawa," napatingin sa akin si Lolo ko. "Alam ko namang mabibigyan ng apo mo ang apo ng masayang buhay, e."

At 'dun nagsimula ang usapan naming dalawa ni Ton-Ton na paglaki namin kaming dalawa ang magpapakasal. 'Dun din nag umpisa ang pagiging adik ko sa mga kasalan na nangyayari sa baryo namin. Palagi akong presentness sa simbahan para panoorin 'yung mga kinakasal.

Kahit hindi ako imbitado pumupunta pa rin ako. Iniisip na kaming dalawa na ni Ton-Ton ang nasa posisyon nila at pinapakita at pinaparinig sa mga tao ang sumpaan na mamahalin namin ang isa't isa habang buhay. Kaya tuwing unang araw ng bakasyon palagi akong masaya. Muli ko na naman kasing makikita si Ton-Ton. Si Ton-Ton na magiging asawa ko sa hinaharap.

"Apo, ang aga mo naman nandyan sa labas ng bahay. May hinihintay ka ba?" bigla kong narinig si Lolo ko na nagsalita sa likuran ko. Mukhang kakagising niya lang.

Napatango ako, "Opo, Lolo. Hinihintay ko si Ton-Ton. 'Di ba ngayong araw ulit sila pupunta rito sa probinsya natin?" pagtatanong ko sa kanya. "Saka, 'di naman ako maaga naghihintay."

"Maaga pa, apo. Alas-tres palang ng madaling araw. Juskong bata 'to masyadong excited."

Napangisi ako, "Siyempre po, Lolo. Naniniwala kasi ako sa kasabihang 'It's better early than never.'"

"Sa tagalog?"

"Kapag may usok, nasusunog na ang sinaing." pagsagot ko. "Akala mo bobo ako, Lolo, no? Ikaw lang kaya bobo sa atin Lolo ko. Tignan mo ipin mo apat lang pero puro bagang pa." napahagikgik ako.

Napailing-iling si Lolo sa isagot ko sa kanya, "Apo, hindi na darating si Ton-Ton. 'Wag mo na siya hintayin." hindi ko pinansin ang sinabi niya.

"Lolo, 'yung mga sulat ko ba kay Ton-Ton palagi mong pinapadala?" napatango siya. "E, bakit hindi na siya sumasagot? Dati-rati naman palagi siyang nasagot sa sulat ko. Pero dalawang b'wan na pero wala pa rin siyang sagot. Nagloloko na ata siya, Lolo. Hindi pa nga kami kasal pero nambababae na ata siya."

"Apo, makinig ka." pagpapatuloy ni Lolo. "Hindi na darating si Ton-Ton. 'Wag mo na siya hintayin."

"Lolo, papaluwiin ko sa pwet si Ton-Ton kapag dating nila dito. Ang tambok pa naman ng pwetan niya kaya tiyak masasaktan siya. Ganti ko 'yun kasi 'di niya sinasagot mga sulat ko. Amp!"

Naging seryoso ang mukha ni Lolo at lumapit sa gawi ko. Hinawakan niya ako sa balikat. Bigla akong kinabahan dahil sa seryoso ng mukha niyang ipinapakita. Mas lalo rin akong kinabahan nang parang makita ko ang bibig niya na tinutubuan ng panibagong ngipin na mukhang bagang ulit.

"Apo, hindi na siya darating." pag-ulit ni Lolo. "Galit na siya sa mga taga-probinsya. Galit na siya sa tulad natin. Hindi na siya darating kahit kailan. Pumasok ka na sa loob at matulog. Malalamigan ka lang."

Tinanggal ko ang pagkakahawak ni Lolo sa balikat ko, "Nagsisinungaling ka, Lolo." buong loob na sagot ko sa kanya. "Hindi ganyan si Ton-Ton. Hindi niya ako iiwan. Hindi siya magagalit sa akin. Hindi niya ako papaasahin. May promiseness pa kami sa isa't isa, 'di ba? Tutuparin niya 'yun sabi niya. Tignan mo, Lolo. Pupunta siya ulit dito. Maya-maya lang andito na 'yun."

Nanlabo na ang mga mata ko dahil sa mga luhang magbabagsakan na. Alam kong kapag sinabi ni Lolo totoo ito. Hindi pa siya nagsinungaling sa akin ni minsan. Pero ayaw ko iyung paniwalaan dahil mas gusto kong paniwalaan si Ton-Ton. Mas gusto kong si Ton-Ton ang paniwalaan ko dahil may pangako siya sa akin at nangako siyang tutuparin niya ito. Hindi pa ako paasahin ni Ton-Ton. Hinding-hindi.

"Apo." Malumanay na pagtawag sa akin ni Lolo pero 'di ko siya pinansin.

"Darating siya, Lolo. 'Wag kang sinungaling, Lolo. Darating si Ton-Ton. Tutuparin niya pangako niya." tuluyan ng nagsibagsakan ang mga luha ko. "Lo. . .lo, darating siya. Maya-maya lang andito na 'yung sasakyan nila tapos bababa na siya at yayakapin agad ako. Gagala ulit kami sa bukid. Sabi pa niya dito raw kami sa probinsya magpapakasal. Kasi gusto niya raw makilala sila Inay at Itay."

Kahit patuloy na bumabagsak ang mga luha ko 'nun hindi pa rin ako umalis sa kinauupuan ko. Andun lang ako naghihintay at umiiyak. Ayaw kong paniwalaan si Lolo. Alam ko kasing tutuparin ni Ton-Ton ang pangako niya sa akin. Itong pag-iyak ko wala lang ito. Pupunasan ito mamaya ni Ton-Ton kapag nakita niyang may luha sa mga mata ko katulad ng palagi niyang ginagawa.

Pero ilang oras na ang lumipas pero hindi pa rin dumarating si Ton-Ton. May araw na pero si Ton-Ton wala pa rin. Wala pa rin 'yung kotse nila na palagi niyang gamit papunta rito sa probinsya. Pero hindi ako nawalan ng pag-asa. Naghintay pa rin ako. Hindi ako umalis sa kinauupuan ko. Hanggang sumapit ang hapon at hating gabi hindi ako umalis. Patuloy akong naghintay.

Hanggang sa pumasok nalang sa isip ko na marahil hindi na talaga darating si Ton-Ton. Marahil pinaasa niya lang ako. 'Yung araw na iyun, sa musmos kong edad, 'dun ko naranasan ang unang pagkawasak ng puso ko. Winasak ng mga pangakong hindi niya tinupad. Hindi ko na hinintay si Ton-Ton 'nun. Kahit na umaasa pa rin ako na isang araw at muli siyang magpapakita sa akin.

Pero lumipas na ang ilang araw, linggo, at taon, hindi na dumating si Ton-Ton. Unti-unti na akong lumalaki pero 'yung pangako niya hindi ko pa rin nakakalimutan. Hanggang sa isang araw nagising na lamang ako na wala na. Na 'di ko na siya iniisip. Na nabura na siya sa mga alaala ko. Pati 'yung pangako niya kinalimutan ko na.

May mga pangako kasing tinutupad at may mga pangakong kinakalimutan nalang. Katulad nung pangako niya sa akin. Mas pinili niyang kalimutan kaysa tuparin. Wala tuloy akong ibang magawa kundi gayahin siya. Kinalimutan ko nalang din 'yung pangako niya. May bonus pa ako sa kanya. Kasi pati siya kinalimutan ko nalang. Ganda ko, 'di ba?

**** Dahan-dahan kong iminulat ang mga mata ko nang maaninag ko na may araw na. Antok na antok pa rin ako pero bumangon na ako sa kamang malambot na hinihigaan ko. Mukhang napasarap ang tulog ko, ah. Nagpalinga-linga ako sa paligid dahil hindi naman ito ang kwarto ko. Hanggang sa matandaan ko nalang na nasa kwarto pala ako ni Elton bhe natulog dahil dumating si Lolo A kagabi.

Napansin kong wala na si Elton sa kabilang parte ng kama. Kanina pa kaya siya gising? Pati sila Dudong at Dudang wala na rin dito. Mukhang kinuha sila ni Elton. Talagang pinanindigan ni Elton bhe na anak namin sila Dudong at Dudang. Pero ang tanong? Ako ba kayang panindigan ni Elton bilang bride niya sa kasal o si Miranda Kerr pa rin ang nais niya?

"Ang-aga mong sinasaktan ang puso mo, Althea Josefa," pagsasalita ko sa sarili ko. "Natural si Hayley Williams pa rin ang nasa puso niya. Baka nga pati sa atay, apdo, alak-alakan, baga, at bituka ni Elton si Jessie J din ang laman." napangiti ako ng

mapakla. "Lahat nalang ng organs niya girlfriend niya ang laman. Baka pwedeng sa matambok niyang pwetan ako naman ang laman."

Tumayo na ako at tinupi ang malambot na kumot na nakabalot sa akin kanina. Baka kasi itulak ako ni Elton sa may balcony kung 'di ko ito tutupiin. Ayoko naman maging batugan, 'no. Snob na sa personal at plastic pa kaya 'di na ko pwede maging batugan.

Lumabas na ako ng kwarto ni Elton at naglakad na sa hallway habang nagtatanggal pa ng muta sa mga mata ko. Sa sobrang busy ko sa pagtatanggal ng muta hindi ko napansin na nasa dulo nap ala ako ng hagdanan. Bago ko pa mapansin gumugulong-gulong na naman ako paibaba. Ilang beses na naman nauntog ang ulo ko.

Pero kers lang. Hindi naman masakit. Mas masakit pa rin ang puso ko. Walang sakit na tatalo sa natamo ng puso ko. Dahil ang sakit na nakuha ng puso ay matagal bago maghilom.

Pag-angat ko ng ulo ko at pagbangon nakita ko si student na nakahinto at nakatingin sa akin. Kasama niya si Chris na naka-uniform na at mukhang papasok na sa school.

"Jusko, ma'am, masakit ba?" tanong ni student. "Araw-araw talaga, ma'am, iba-iba ang trip mo sa buhay, 'no? Ikaw na talaga, ma'am. You already! Walang makakatalo sa'yo."

Napangiti na naman ako ng mapakla. Wala raw makakatalo sa akin? Bobo ni student. Sorry nalang siya dahil may nakatalo na sa akin kahit wala namang ginagawa. Pag-aari niya kasi si Elton kaya natalo niya ako. Kung walang makakatalo sa akin edi sana pag-aari ko si Elton bhe.

"Mali ka. May nakatalo na sakin. At dahil mali ka, paparusahan kita."

Namutla naman si student, "Ma'am, naman. Kakalabas ko nga lang sa kulungan ng aso ni Chris, e. Ikukulong niyo na naman ako?"

Umiling ako, "Hindi. 'Wag ka mag-aalala iba naman parusa ko sa'yo," saad ko "Ibibitin kita patiwarik 'dun sa puno na nasa likod mamaya. Isang linggo ka 'dun na nakabitin."

"Ma'am, 'di niyo ko pwedeng ibitin. Nakapalda ako. Makikita ang suot kong panty." pag-aalangan ni student. Napanguso pa siya.

"Problema ba 'yun?" balik tanong ko. "Edi tanggalin mo 'yung suot mong panty mamaya bago kita ibitin. Nang sa ganun walang panty na makikita sa'yo."

'Ay, oo nga, 'no, ma'am? Ang talino mo talaga!" pagpuri sa akin ni student. "Sige, ma'am, tatanggalin ko nalang mamaya ang panty ko. Basta sabihan niyo nalang ako kapag ibibitin niyo na ako, ha, ma'am?" tumango ako. "Sige, ma'am, ihahatid ko muna

'tong si Chris sa school niya."

Nagpaalam na si student sa akin kaya ako naman muling naglakad. Pupunta sana ako sa kwarto ko pero nang mapadaan ako sa dining area naabutan ko 'dun si Lolo Andres at Elton na nag-aalmusal. Nakasuot ng business-suit si Lolo at mukhang pupunta ng kompanya. Nang makita ako ni Lolo agad siyang ngumiti sa akin. Habang si Elton naman sandali lang napatingin tapos balik ulit sa pagkain.

"Althea, apo, tara na rito at sumabay kana sa pag-aalmusal," pag-aaya ni Lolo A sa akin kaya lumapit ako. Tumabi ako sa tabing upuan na inuupuan ni Elton. "How's your sleep? Did you sleep well?"

Jusko. Ang aga-aga naman akong minumura ng matandang 'to.

"I'm 5'4 po, Lolo." nakangiti kong sagot. Napatingin sa akin si Elton. "Ano? Elibs ka na naman sa english ko?" pagtatanong ko sa kanya pero 'di siya sumagot. Parang 'di niya narinig ang tanong ko.

"Hahaha. You're really hilarious, apo. Palagi kang laughtrip dizz!" natatawang sagot ni Lolo sa akin. "Sana lang 'yung magiging mga anaka niyo ni Elton—"

"Ay magmana sa akin?" pagpapatuloy ko sa sinabi ni Lolo. "Sa akin magmana para matatalino?"

Napailing si Lolo, "Hindi. Sana lang kako 'yung magiging mga anak niyo ni Elton sa kanya magmana at hindi sa'yo. Hahahaha." Laughtripness si Lolo A sa sinabi niya. "Kasi kapag sa'yo nagmana baka mabaliw na ako, e. hahaha." More tawa more fun siya.

"Baka magkakaanak kaming dalawa," napabulong nalang ako at kumain nalang ng tahimik.

"Anyway, mabuti maaga kayong nagising ngayon dalawa. May sasabihin ako sa inyo." muling pagsasalita ni Lolo A kaya parehas kami napatagil ni Elton sa pagkain at napatingin sa kanya. "Pupunta tayo ngayon sa isang sikat na designer. Magpapasukat kayo ng damit."

"Damit para saan, Lolo?" pagtatanong ni Elton. "Nga pala, Lolo, next week mag day off ako. 1 week vacation so baka bihira mo ako makita rito sa mansion in case hanapin mo ako."

Mawawala si Elton? Saan kaya siya pupunta kung magbabakasyon siya? Isasama niya kaya ako tapos dalawa lang kami at magpapagala-gala sa buong Pilipinas? Hihihi.

"Bakasyon? Bakit?" balik tanong ni Lolo A. "Gusto mo bang mag bakasyon kayo ni Althea sa isa sa mga resort natin after ng engagement party niyo next week?"

Nagulat si Elton, "What? Engagement party namin next week?" hindi makapaniwalang tanong ni Elton. Para siyang natataranta sa ideyang 'yun.

Tumango si Lolo saka ngumisi, "Yes. Sabi ko sa'yo kailangan na natin madaliin ang kasalan niyong dalawa, 'e. Next week na ang engagement niyo pero bago kayo ikasal hihintayin muna natin ang pag-uwi ni Erwin." tumingin si Lolo sa akin. "Gusto kong maganda ang ayos ni Althea sa engagement niyo next week."

"Pero, Lolo, may iba akong gagawin next week." Alangan na sagot ni Elton.

"Anong gagawin mo next week, Elton Alexander?" nag seryoso si Lolo Andres. "Kung magbabakasyon ka kasama si Althea papayagan kita. Pero kung hindi, no. Hindi ka pwedeng mawala rito sa mansion."

Mukhang nainis si Elton saka siya napabuntong hininga nalang, "Yes, Lolo. Hindi na ako mag bakasyon."

"Good. Pero kung gusto mo talaga papayagan naman kita. As long as kasama si Althea," tumingin sa akin si Lolo A, "Nga pala, Althea, apo, bukas sasamahan ka ni Fernando mag mall. Mag shopping ka ng mga gusto mo. Bumili ka ng mga damit, sapatos, or kahit na anong gusto mo. Pinapaayos ko na kay Fernando ang mga credits card mo."

Tumingin ako kay Lolo A saka ngumiti, "Hindi na po kailangan, Lolo. Ayoko po ng magagarang damit." nakangiti kong sagot. "Gusto ko lang po ng mga simpleng bagay. Kuntento na ako sa kung anong meron ako. Tulad nitong mga gamit ko. May mas marami pa pong importanteng bagay ang mabibili ng pera kaysa sa mga mamahaling gamit na 'di ko naman kailangan."

"Sigurado ka?" nag-aalalang tanong ni Lolo A.

Tumango ako, "Opo, Lolo. Saka 'di ko po kayang gastusin 'yung perang 'di ko naman pinaghirapan."

Napangiti si Lolo A sa sinabi ko, "I'm so proud of you, Althea. Napalaki kang mabuti ni Philip."

"Napalaki niya rin po akong maganda."

"Tama ka, apo. Napalaki ka talaga niyang mabuting bata." napasimangot ako. "Hahaha. Laughtrip diz reaction mo, apo. Oo na. Napalaki ka rin niyang maganda."

"Good! Mabuti ng nagkakaintindihan tayo, Lolo. Kundi ibabasag ko sa ulo niyo 'tong plato, e. Charing!" natawa ako saka napatingin kay Elton na nananahimik at mukhang may malalim na iniisip.

"Osige, pagtapos niyo diyan tawagin niyo nalang ako, ah. Nasa library lang ako. Mag-ayos na kayo dahil aalis na tayo agad." tumayo si Lolo Andres at umalis na ng dining area.

Nang kaming dalawa nalang ang natira ni Elton kinausap ko siya. Tinusok ko siya sa tagiliran niya.

"Huy! Ang lalim ng iniisip mo, ah. Baka malunod ka." pagbibiro ko sa kanya.

Sinamaan ako ng tingin ni Elton, "Hindi ka nakakatawa." pag susungit niya.

Napatigil ako. Ba't parang bumabalik na naman sa dati 'tong si Elton? Nagiging masungit na naman siya. Parang kagabi lang naman nagbibiruan pa kaming dalawa.

"Masama ba gising mo? May sakit ka ba?" hahawakan ko sana 'yung noo niya pero tinapik niya lang 'yung kamay ko.

"Wag ka ngang magulo!" iritado niyang saad. "Lahat nalang ginugulo mo. Gusto ko ng katahimikan."

"Sorry." mahina kong sagot saka umayos ng pagkakaupo.

Bigla akong nawalan ng gana sa pagkain ko. Hindi ko maisip kung anong dahilan kung bakit naging ganito na naman si Elton sa akin. May nagawa ba akong kinainis niya? May nasabi ba akong hindi niya nagustuhan? O, baka naman narinig niya 'yung pag-amin ko sa kanya kagabi na gusto ko siya? Pero imposibleng narinig niya 'yun. Pero paano kung narinig niya nga?

Anong mas matatanggap ko? 'Yung hindi niya 'yun narinig para parehas pa rin ang pakikitungo ko sa kanya o 'yung narinig niya nga 'yun pero wala siyang pakialam? Mas maganda na 'yung nauna. Mas masakit kasi kung narinig niya nga pero wala naman siyang gagawin.

"Anong gagawin natin? Next week na ang engagement party. Pero 'di mo pa nasasabi kay Lolo Andres na 'di matutuloy ang kasal." muli kong pagsasalita.

Napasulyap ako kay Elton at nakita kong napayukom ang kamay niya.

"Sana kasi sinabi nalang natin kagabi para walang problema." muli kong saad.

"So, mas gusto mong pakasalan si Erwin kaysa sa akin? Kasi siya ang sunod na magiging chairman sa kumpanya kaya mas pipiliin mo siya? Kasi mas malaki ang makukuha niyang mana?" galit akong tinignan ni Elton.

"Hindi ganyan ang nais kong sabihin," saad ko. "Pero sunod siyang chairman? Tapos

ikaw ang president? Pwedeng ako naman ang maging muse? Hehehe." tanong ko. "May botohan ba? Kailan election day?"

Hindi tumawa si Elton. Magkasulong pa rin ang kilay niya.

"Shit. Anong gagawin ko?" tanong niya sa sarili niya.

"May problema ba?" pagtatanong ko.

"Marami." galit na naman niya akong tinignan. "Pampagulo ka kasi ng buhay ko, e."

Napatigil ako sa sinabi ni Elton. Naramdaman ko na naman na nawasak ang puso ko. 'Yung luha sa mga mata ko agad na nangilid pero mabuti nalang napigilan ko sila.

"Wala naman akong ginagawa." Kalmado kong saad.

"Exactly! Wala kang ginagawa." Napataas ang boses ni Elton. "Wala kang ginagawa pero ginugulo mo ang utak ko. Hindi na ako makapag-decide ng tama nang dahil sa'yo. Mula ng dumating ka. Gumulo na. Gumulo na ang lahat!" napahimalos ng mukha si Elton at mukhang nahihirapan.

"Sorry." Paghingi ko ng tawad sa kanya. "Hindi ko sinasadya na guluhin ang utak mo."

Pero mabuti nga sa'yo utak lang ang magulo kasi ikaw puso ko naman ang ginugulo mo.

Napatingin sa akin si Elton. Nagulat siya. Siguro nakita niya na ang mga luhang unti-unting pumapatak sa mga mata ko. Ewan ko ba bakit ako naiyak. Siguro naiyak ako dahil akala ko okay na kaming dalawa ni Elton pero hindi pa rin pala. Bumalik na naman siya sa dati. 'Yung dating Elton na magaspang ang pakikitungo sa akin.

Mas maganda na nga siguro na bumalik nalang siya sa ganyan. Para hindi na niya tuluyang maangkin ang puso ko. Kasi ang unfairness lang, e. Unti-unti niyang naaangkin ang puso ko habang 'yung sa kanya hindi ko naman pwedeng angkinin.

Pero siguro nga rin ganito talaga kapag unti-unti mo ng minamahal ang isang tao. Ibibigay mo ang lahat-lahat ng nasa'yo. 'Yung kahit wala ng matira sa katawan mo. Kaya kapag nasaktan ka pakiramdam mo ubos na ubos ka. Kasi kapag nagmamahal tayo wala tayong tinitira sa sarili natin.

At iyun ang ayokong maranasan. 'Yung walang matitira sa akin.

"Elton, mas maganda na siguro kung mas maaga mo sabihin kay Lolo Andres na 'di matutuloy ang kasal. Para hindi siya umasa," para hindi ako umasa. "Kasi habang tumatagal tiyak masasaktan siya kapag nalaman niya," at higit sa lahat ako ang

pinamasasaktan. "Para naman, maging masaya ka ng tuluyan." At kahit hindi ko alam kung magiging masaya ako. "Ganun nalang ang gawin mo."

Tumayo ako at bago umalis muli akong nagsalita.

"At sana rin wag ka na maging mabait sa akin. Hindi mo kasi alam kung sino 'yung nahuhulog sa'yo sa kabaitang pinapakita mo. 'Wag ka sana gumawa ng dahilan na ikakahulog ng isang taong wala ka naman planong saluhin." sabi ko. "Yung lang. Kthnxbye."

Bago pa ako tuluyang makapag-walk outness bigla ng hinawakan ni Elton ang braso ko kaya napatigil ako sa paglalakad. Pagharap ko sa kanya nakita kong nakatayo na siya inuupuan niya at nakatingin sa akin ng seryoso. Hindi ko mabasa ang nasa isip niya. Titig na titig lang ang brown eyes na mata ni Elton sa akin.

"Bakit?" kinakabahan kong tanong dahil pakiramdam ko susuntukin ako ni Elton sa mukha.

Pero nagkamali ako ng inisip dahil iba ang ginawa niya.

Hinila niya ako papunta sa kanya saka niya ako hinawakan sa magkabilang pisngi at agad idinikit ang malambot niyang labi sa labi ko. Bigla na naman akong nanigas sa kinatatayuan ko dahil sa biglaang paghalik ni Elton sa akin. Hindi ko na nga naipikit ang mga mata ko. Habang nakadikit ang labi ni Elton sa labi ko nakamulat lang ang mga mata ko habang siya nakapikit.

"Sorry." pagsasalita niya habang nakadikit pa rin ang labi niya sa sarili kong labi. "I'm so sorry for hurting you." Kalmado niyang pagsasalita saka muling idinikit ang labi niya sa labi ko.

This time napapikit na ako. Dinama ko 'yung lambot ng labi niya at sarap ng halik niya.

Sa pagpikit ko ng mga mata ko biglang tumulo ang luha ko.

Alam ko kasing mas lalo na naman akong masasaktan sa hinaharap.

Char! Kiss pa more Elton bhe. Rak na dizzzz.

==========

Chapter 33

Boto na kayo sa twitter hanggang July 19! Para makasama si Althea sa Top 10 People's Choice award. Kahit ilang tweet. Mas marami mas maganda. Aasahan ko ang

support niyo, student. That Promdi Girl #MyWattysChoice.

Comment and vote para may update bukas. Mwahahahaha.

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 33.Maaari kong ikumpara 'yung klase ng halik ni Elton sa paborito kong suman na isinasawsaw sa asukal. 'Yung tipong hindi ka magsasawa kahit oras-oras mong kainin. 'Yung tipong kapag natikman mo hahanap-hanapin na talaga ng bibig at dila mo 'yung lasa. 'Yung tipong gusto mo paulit-ulit tikman dahil kahit ilang beses mo na matikman gusto mo pa ring ulit-ulitin. Masyadong nakakaadik at hindi ka makuntento sa isang beses. Paulit-ulit lang talagang hinahanap ng labi mo 'yung tamis.

Pang-ilang halik na ba naming dalawa 'yun? Hindi ko na matandaan, e. Nawala na sa isipan ko 'yung bilang. Ang tangi lang kasing nasa utak ko ngayon ay 'yung kaligayahan na binigay sa akin ni Elton nang hinalikan na naman niya ako. Kaligayahang hindi ko alam kung magtatagal o kaligyahan na pautang lang na alam kong hindi magtatagal ay babawiin niya rin.

Hindi ko rin talaga ma-getsness si Elton. Hindi ko alam kung anong gusto niyang iparating o ipahiwatig sa akin. Sinabi ko sa kanya na itigil niya na ang pagiging mabait niya sa akin pero hinalikan naman niya ako. Hindi niya ba alam na mas lalong tumataas ang inaasahan ko sa kanya? Hindi ba siya awareness na dahil sa halik na 'yun 'yung feelingness ko sa kanya ay mas lalong lumalalim?

Paano niya nga pala malalaman na mas lalong lumalalim ang feelingness ko sa kanya kung wala siyang ideya na sa bawat pinapakita niya sa akin 'e mas lalo ko siyang nagugustuhan?

Ito ang mahirap kapag hindi alam ng taong gusto mo na gusto mo siya, e. Hindi kasi siya awareness na sa bawat ginagawa at bawat ipinapakita niya sa'yo mas lalo ka lang nahuhulog.

At dahil nga hindi niya alam na unti-unti ka ng nahuhulog, hindi ka niya masasalo. At kapag tuluyan ka nang nahulog, madudurog ka. 'Yung tipong wasak na wasak. 'Yung hindi mo alam kung magiging maayos ka pa pagtapos mong mawasak. Wala kang ibang magagawa kundi indahin 'yung sakit at sisihin ang sarili mo dahil nahulog ka sa maling tao. Pero kahit anong pagsisisi mo hindi na mababuo ang sarili mong nawasak. Hindi na mababalik 'yung dating ikaw. 'Yung tipong kahit anong gawin mong pagbuo sa sarili mo andun pa rin 'yung lamat ng pagkawasak mo. Masyadong nakakatakot.

Pero masisisi ko ba si Elton kung 'di niya nga ako kayang saluhin? Ganung bago pa nga magsimula ang lahat 'e nilinaw naman niya sa akin na may girlfriend siya at mahal na mahal niya ito? Sino ang dapat kong sisihin kung mawasak nga ako sa hinaharap?

Siya ba na nagpapakita ng motibo sa akin kaya nahulog ako o itong sarili ko na kahit may ideya na ako na 'di naman niya ako masasalo sa paghulog ko sa kanya 'e umasa pa rin ako na gagawin niya para lang hindi ako tuluyang mawasak? Sino ang karapat-dapat sisihin? Si Elton ba o ang bobitang ako?

Puro pagkahulog nalang ang laman ng isipan ko ngayon kaya bigla akong nakarinig ng pagkahulog. Napatingin ako sa ibaba ng kama at nakita kong nahulog si Dudong ng kama nang dahil sa likot niya matulog. Pero kita niyo naman, ang tigas at ang kapal ng taba ng biik na 'to. Hindi man lang nagising.

Bumaba ako ng kama ni Elton saka binuhat at ibinalik si Dudong sa kama. Si Dudang naman nakanganga pa at himbing na himbing na sa tulog. Feelness na feelness talaga ng dalawang 'to ang kama ni Elton.

Napatingin ako sa orasan na nakasabit sa dingding ng k'warto ni Elton at nakita kong alas-onse na ng gabi. Anong oras na pero hindi pa rin umuuwi si Elton. Palagi siyang over timeness sa kumpanya at nag tatrabaho. Parang nilulunod niya ang sarili niya sa trabaho para makaiwas sa isang bagay na 'di ko alam.

Nakatayo lang ako sa gitna ng k'warto ni Elton nang biglang dahan-dahan bumukas ang pintuan. Pareho kaming nagulat ni Elton sa isa't isa nang magtama ang tingin naming dalawa. Hindi niya siguro inaasahan na gising pa rin ako sa mga oras na 'to.

"Gising ka pa pala? Anong oras na, ah." napaiwas ng tingin si Elton saka pumasok na sa loob ng k'warto at dumiretso sa cabinet niya para kumuha ng damit pamalit.

"Hinihintay kita." sagot ko sa kanya saka umupo sa gilid ng kama. "Palagi ka nalang ginagabi. Nilulunod mo ba ang sarili mo sa trabaho?"

Napahinto si Elton sa pagkuha ng damit saka sumagot, "Busy lang sa kumpanya. Daming trabaho ngayon." mahina niyang tugon.

"May tinatapos o may gumugulo lang sa'yo?" seryoso kong tanong sa kanya habang titig na titig sa likuran ni Elton. Tambok ng pwetan kainis. "Iniiwasan mo ba ako, Elton?"

Sumulyap sa akin si Elton saka umiling, "Hindi kita iniiwasan. Busy lang talaga ako." sagot niya saka pumasok na sa loob ng banyo para magpalit ng damit.

Napasimangot ako bigla. Akala ko naman sa harapan ko siya magbibihis. Kainis naman. Bukas na bukas ire-requestness ko kay Lolo Andres na tibagin 'yang banyo ni Elton dito sa k'warto niya para sa harapan ko na siya palagi magbibihis. Akala niya, ah. Mautak kaya ako.

Maya-maya pa lumabas na si Elton ng banyo. Naka-boxer lang at sandong kulay puti na hapit sa katawan niya. Ang macho na naman ng tanawin ko ngayon. Akala ko didiretso na siya ng kama pero hindi. Sa pintuan siya ng kwarto dumiretso kaya bago pa siya makalabas nagsalita ako.

"Saan ka pupunta? Hindi ka pa ba matutulog?"

Sumulyap na naman siya saka napaiwas ng tingin. Bakit ayaw niya akong tignan? Ayaw niya bang magkaroon kami ng pagtingin sa isa't isa? Nakakabanas na 'tong si Elton, ah.

"Mamaya pa ako matutulog." kalmado niyang sagot. "May tatapusin pa akong paperworks."

"Pwede mo naman sigurong ipagpabukas nalang iyan." suhestiyon ko. "Tignan mo ang sarili mo, Elton. Halatang pagod na pagod ka na. Ang laki ng eyebagness mo. Baka mabawasan ang kapogian mo niyan." pagbibiro ko sa kanya. "Matulog ka na—"

"Just leave me alone!" tumaas na ang boses ni Elton. Natigilan ako dahil hindi ko inaasahan na bigla siyang maiirita at mapapasigaw. Napatingin siya sa akin. "Sorry. Kailangan ko lang talaga matrabaho." sabi niya saka sinabunutan ang sarili niya.

Ngumiti akong pilit, "Ayos lang. Concerness lang ako sa'yo," sabi ko habang nakangiti kahit gusto na naman lumabas ng luha ko. "Basta kapag inaantok ka na matulog ka na, ah? Hindi healthyness ang nagpupuyat. Goodnight, Elton."

Napatitig siya sa akin saka napayuko, "Goodnight." sabi niya saka tuluyan ng lumabas ng kwarto.

Sa paglabas niya ng kwarto biglang nang nagsilabasan 'yung mga luha ko sa mata. Tuloy-tuloy lang ang mga patak nila kaya napapatawa at nagtataka kung bakit ako biglang naiyak.

"Ano ba, Althea Josefa. Bakit ka umiiyak? Tigilan mo nga ang pag-iyak. Palagi ka nalang umiiyak ng walang dahilan." panenermon ko sa sarili ko habang pinapatigil ang mga mata ko. Todo punas ako sa mga mata ko pero kahit anong gawin ko ayaw nilang tumigil sa pagluha. "Hahaha. Para kang tanga, Althea. Ano ba? 'Yun lang iiyakan mo na agad? Walang nakakaiyak. Tumigil ka."

Ilang minuto pa ang hinintay ko bago tuluyang tumigil ang mga mata ko sa pagluha. 'Nung natapos na sila sa pag-iyak humiga na ako sa kama. Kumikirot na naman ang puso ko. Parang pinipiga ang puso ko dahil sa sobrang sakit. Gusto ko na namang umiyak pero pinigilan ko lang. Sayang ang tearness, e.

Ewan ko ba pero parang nitong dalawang araw na lumipas pagkatapos akong halikan ni Elton biglang lumayo ang loob niya sa akin. Parang idinistansiya niya ang sarili niya papalayo mula sa akin. Hindi ko alam kung bakit. Dahil 'nung last na nag-usap kami at hinalikan niya ako humingi pa siya ng tawad. Akala niya siguro nagbebenta ako at gusto niyang tumawad. Barat pala si Elton.

'Nung pumunta kami sa isang sikat na pagawaan ng damit at nagpasukat hindi niya ako kinakausap. Tahimik lang siya at parang ang lalim ng iniisip. Nagsimula lang siyang maging ganyan 'nung sinabi ni Lolo Andres na next week na nga ang engagement party naming dalawa.

Marahil pinag-iisipan na nga ni Elton kung paano niya sasabihin kay Lolo Andres na cancel na ang kasalan sa aming dalawa? Siguro kaya siya palaging umaalis tuwing maaga at umuuwi ng gabing-gabi na para makaiwas sa akin at mapag-isipan kung paano niya masasabi ng maayos sa Lolo niya na 'di na matutuloy ang kasal? Siguro ganun nga ang ginagawa niya.

Dalawang araw na kasi si Elton na sa tuwing pag gising ko sa umaga wala na siya sa kama. Gabing-gabi na rin siya kung umuwi na tulog na tulog na talaga ako. Halatang iniiwasan niya nga ako. Halatang ayaw niya akong maabutan na gising.

Nagsisisi ba siya sa paghalik niya na naman sa akin? Nagi-guiltyness na siya sa girlfriend niya dahil baka malaman nito ang ginawa niya? Marahil nga tama ako. Siguro kailangan nalang kalimutan 'yung mga halik na namagitan sa aming dalawa, 'no? Kasi wala naman iyung papatunguhan.

Kung ako rin siguro ang nasa kalagayan ni Mariah Carey tiyak masasaktan ako kapag nalaman kong ang boyfriend ko 'e may hinahalikan na ibang babae. 'Yun siguro ang iniiwasan ni Elton na mangyari. 'Yung masaktan ang girlfriend niya kaya mas pinipili niyang ako nalang ang masaktan.

Hindi ko tuloy maiwasan na hindi mainggit kay Beyonce. Nasa kanya kasi 'yung katangi-tanging bagay na hinding-hindi ko kaila man makukuha. 'Yung puso ng lalaking katangi-tanging dahilan kung bakit ako nasasaktan at nahihirapan ngayon.

Hindi ako makatulog kaya tumayo muna ako at lumabas sa balcony ng k'warto ni Elton. Sinalubong ako ng malamig na hangin. Isang klase ng hangin na nagpamukha sa akin na hinding-hindi ko kailan man makukuha si Elton. Pati ang hangin sinasampal ako ng realidad.

Napatingala ako sa langit. Gabing-gabi na pero ang dami pa ring bituin na nagkalat. Mabuti pa 'tong mga bituin kasama nila ang ilang milyong bituin sa langit at isang maliwanag na b'wan. Samantalang ako wala na akong kasama sa buhay. Mag-isa nalang ako. Sarili ko nalang ang kakampi ko.

"Lolo, kumusta ka na diyan sa heaveness? Tinubuan ka na ba ng panibagong bagang?" pagkausap ko kay Lolo ko habang nakatingala sa langit. Umaasang maririnig niya ako. "Lolo, nami-miss na kita. Miss na miss na kita, Lolo kong mukhang tanod ng probinsya."

Muli na namang tumulo ang mga luha ko. Hinayaan ko lang sila sa pagdaloy sa pisngi ko, "Lolo, nahihirapan na ako. Ang sakit-sakit na. Hindi ko alam kung titigil 'tong sakit na nasa puso ko ngayon." napalunok ako at pinipigilan ang panginginig ng boses.

"Lolo, bakit naman kasi si Elton? Bakit sa dinami-raming lalaki bakit sa kanya niyo pa ako gustong ipakasal? Hindi niyo ba alam na may nilalaman na ang puso niya? Hindi niyo rin ba alam na ang puso ng tao ang isa sa pinakamahirap na bagay na makuha sa mundo?"

"Pero, Lolo, 'wag niyo isiping hindi mabuti si Elton na tao. Infactness, napakabuti niya. Ayaw niya kasi masaktan 'yung babaeng mahal niya. Pero sorry, Lolo, kasi mukhang 'di matutuloy ang kasalan naming dalawa. Hindi naman kasi ako ang gusto niyang makasama habang buhay."

Tuloy-tuloy lang ako sa pagsasalita habang tuloy-tuloy din ang luha ko sa pagtulo.

"Napakabuti niyang tao, Lolo. Kaya nga ako nahulog sa kanya ng ganito kasi ang bait niya. Kahit hirap siyang ipakita ang pagmamahal sa iba. Kahit madalas hindi mo maintindihan ang ginagawa niya. Kahit ang tambok ng pwetan niya, Lolo. Nahulog ang apo mo sa kanya."

Hindi na ako nakapagsalita dahil sobrang labo na ng mga mata ko nang dahil sa luha.

Para nga talagang paborito kong suman na isinasawsaw sa asukal si Elton. 'Yung tipong kapag napasobra ka ng kain sasakit ang lalamunan mo dahil sa sobrang tamis. 'Yung tipong kapag napasobra ka ng kain at inaraw-araw mo maaaring magkaroon ka ng diabetes at hindi magtatagal posible kang mamatay.

Siguro kailangan ko ng itigil ang pagkagusto ko sa paborito kong suman. Alam ko kasing kapag pinilit ko pang kumain nito at napasobra, alam kong ito ang magpapaparanas sa akin ng labis na sakit na magiging dahilan ng kamatayan ko.

Pero mahirap itigil ang isang bagay na nagpapasiya sa'yo. Kahit alam mong masasaktan ka lang sa dulo wala kang pakialam. Mas pipiliin mo kasi ang panandaliang kaligayahan kahit ang kapalit naman nito ay miserableng buhay sa hinaharap.

Nakatitig lang ako sa kawalan nang may marinig akong tunog sa likuran ko. Pag tingin ko nakita ko si Dudong at Dudang na seryosong nakatingin sa akin.

"Oink! Oink!" pagsasalita ni Dudang. Sabi niya mapag-inarte.

"Oink! Oink!" si Dudong naman ngayon. Sabi niya mapagdrama.

"Oink! Oink!" dugtong pa ni Dudang. Umaasa.

"Oink! Oink!" dugtong din ni Dudong. Kaya nasasaktan.

Tapos parehas nila akong inirapan at bumalik na sa kama.

Mas lalo akong napaiyak dahil sa sinabi nila.

Mga biik na 'to walang pakikisama. Pati ako binu-bullyness.

~*~*

Katulad ng inaasahan ko wala na si Elton sa pag gising ko ng umaga. Kanina pa raw siya pumasok at maagang umalis ng mansion. Sigurado akong iniiwasan niya talaga ako. Ayaw niya talagang maabutan akong gising dahil tiyak maaadik na siya ng tuluyan sa kagandahan ko.

Nag-aalmusal kaming dalawa ngayon ni Lolo A. Kaming dalawa lang ngayon ang nasa dining area dahil 'yung kambal pumasok na ng school. Umuwi na si Klyde kagabi pero wala pa rin kaming pansinan. Kers lang dahil snob naman ako sa personal. Si Chris ayun pipi—este nasa school na rin daw at nakikipagpipihan sa teacher niyang pipi rin. Charot!

"Wala ka bang gana kumain, apo? Kanina ka pa tulala." pagsasalita ni Lolo A kaya napatingin ako sa kanya. "Namumula rin ang mata mo. Umiyak ka ba?"

Mabilis akong umiling, "Hindi po, Lo. Hindi lang ako nakatulog ng maayos kagabi."

Napangisi siya, "Excited ka sa engagement party niyo ni Elton, 'no?"

Excitedness? Baka shunga ka lang, Lolo. Charot!

"Tama po," napangiti ako. "Excitedness nga ako." pagkukunwari ko.

"Mabuti ka pa excited samantalang si Elton hindi ko alam kung excited ba or what," saad ni Lolo habang napapailing-iling pa. "Itong mga nakaraang mga araw palagi niyang nilulunod ang sarili niya sa trabaho. He's working really hard. Sinabi ko naman sa kanya na mag chill muna siya at 'wag i-stress ang sarili sa kumpanya."

"Oo nga po. Pero hayaan na natin siya, Lo. Baka marami lang talaga siyang ginagawa." sagot ko habang nilalaro ang kutsarang hawak ko.

Napa-sighed si Lolo, "Napaka-dedicated talaga niyang si Elton Alexander sa kumpanya. Puro trabaho nalang ang iniisip. Napakaseryoso sa buhay. Hindi mo makita ngumiti. Hindi naman siya ganyan 'nung bata siya, e. Palagi iyang nakangiti 'nun at masiyahin. At 'yung ngiti at kasiyahan na niya 'yun at ikaw ang dahilan."

Bigla akong nagulat, "Po? Anong ako ang dahilan, Lolo? Magkakilala na ba kami ni Elton dati? Hindi ko matandaan."

Nagulat din si Lolo A, "Hindi mo matandaan? Sabagay limang taon ka palang 'nun habang si Elton naman pitong taon." napaayos ng upo si Lolo A. "Masyado pa kayong mga bata 'nun kaya marahil hindi niyo na tanda ang isa't isa dahil natigil din ang pagbisita namin sa probinsya niyo 'nun, e."

"Bumibisita kayo sa probinsya?" kinakabahan kong tanong.

Tumango si Lolo, "Oo. Palagi 'yun, apo. Dapat isang beses lang 'yun para lang igala ko si Elton pero nag tuloy-tuloy na 'yun nang magkakilala kayong dalawa. Naging masiyahan si Elton at palagi ng ngumingiti 'nun. Ikaw ang naging dahilan ng kasiyahan niya dati." nakangiti si Lolo habang nag ku-kwento. "Sinabi pa nga ni Elton sa amin ng Lolo mo na magpapakasal kayong dalawa kapag laki niyo. Kaya nabuo ang kasunduan. Kayong dalawa ang nangako sa isa't isa na magpapakasal kapag malalaki na kayo."

Napatigil ako sa pag-iisip nang dahil sa mga kwento ni Lolo. Biglaang nagbalik sa alaala ko 'yung mga alalaang kinalimutan ko na noon. 'Yung may batang mayaman na kababata ako na palaging dumadalaw sa probinsya. 'Yung batang mayaman na ang bait-bait sa akin at papakasalan daw ako paglaki. 'Yung batang lalaki na palaging nakangiti sa akin at sa akin lang pinapakita 'yung ngiti niya.

"Ibigsabihin po si Elton si Ton-ton?" naiiyak kong tanong.

Napatango si Lolo, "That's right." pagmumura ni Lolo A. Ba't kaya niya ko minumura 'e nagtatanong lang naman ako. "At ikaw naman ang tinatawag niyang Thea. Tandang-tanda ko pa noon na wala siyang ibang bukambibig kundi 'Papakasalan ko si Thea, Lolo, kapag malaki na kami, ah? Magsusumikap ako. Magiging magaling ako sa pag handle ng kumpanya natin para kapag malaki na kami ni Thea magiging proud siya sa akin bilang asawa niya.'" natawa ulit si Lolo. "Pati kay Erwin pinagmamayabang ka niya 'nung mga bata palang sila. Ikaw raw ang pinaka-importanteng babae sa puso niya."

Napatakip ako ng bibig dahil sa mga alaalang unti-unting pumapasok sa isipan ko. 'Yung mga alaala naming dalawa ni Elton noon. 'Yung mga pangako sa isa't isa. 'Yung mga ngiti at pagtawang pinagsaluhan. 'Yung paggagala namin sa bukid na magkahawak ang mga kamay.

"Minsan nag-away pa si Erwin at Elton dahil biniro ni Erwin si Elton na aagawin ka niya. Hindi napigilan ni Elton ang sarili niya kaya sinuntok ang kuya niya at sinabing 'Don't you dare, Erwin. Payag na ako na mas magaling ka sa lahat ng bagay pero kung pati si Thea aagawin mo sa akin hindi kita mapapatawad. Kakalimutan kong Kuya kita.' In such a young age, he already knew what he's fighting for."

"Thea papakasalan kita kapag malaki na tayo. Gagawa tayo ng sarili nating pamilya. Ikaw ang magiging nanay at ako naman ang magiging tatay. Tapos sa simabahan ikaw ang pinakamaganda sa lahat. Ikaw pipili ng gown mo. Hihintayin kita sa harap ng altar habang umiiyak ako."

"Umiiyak ka kasi ang ganda ko?"

"Hindi. Umiiyak ako kasi pumayag ka na pakasalan ang isang Elton Alexander Guevarra Falcon. Umiiyak ako kasi hinayaan mo akong palitan ang apelido mo. Magiging Althea Josefa Marinduque-Falcon kana."

"Wow, Ton-Ton! Ang ganda ng pangalan ko!"

"Mas maganda ka."

Hindi ko na napigilan na hindi maiyak dahil sa masasaya naming alaala ni Elton noong mga bata palang kami. Mga alaalang mas pinili kong kalimutan dahil hindi na siya nagpakita noon sa probinsya at sinabing galit na siya sa mga probinsyang katulad ko.

Napatitig sa akin si Lolo A dahil nakita akong umiiyak. Pero hinayaan niya lang ako.

"Pero, Lolo, bakit. . . bakit hindi na kayo pumunta ni Elton dati? Bakit tumigil na siya sa pagdalaw sa akin? Kayak o siya kinalimutan kasi kinalimutan niya ang mga pangako namin, e."

"Dadalaw na sana kami sa probinsya niyo noon pero biglang kinidnap si Elton ng yaya niya. 'Yung yaya niyang katangi-tanging tao na pinagkatiwalaan niya. Niloko niya si Elton at sinaktan. Humingi ito ng napakalaking pera. Ibinigay namin ang nais niya pero nang makita namin si Elton duguan na ang ulo nito. Hinampas daw ng baril ang ulo," napasinghap ako sa gulat at awa kay Elton noon.

"Nang magkamalay si Elton takot na takot na siya sa mga tao. Takot siyang lumapit sa kahit na sino sa amin. Ang sabi ng doctor nagkaroon daw ng traumatic experience si Elton. Wala kami ibang choice kaya dalhin si Elton sa America para ipagamot sa isang pyschologist at para makalimot." napabuntong-hininga si Lolo. "Ang tagal niya sa America kaya siguro nakalimutan ka niya."

May inabot sa aking puting envelope si Lolo Andres.

"Ano po ito? Abuloy? Wala akong pera pang-abuloy, Lolo A."

Natawa si Lolo, "Hindi iyan pang-abuloy. Tignan mo ang laman niya. Mga larawan iyan 'nung mga bata pa kayong dalawa ni Elton. May sulat din diyan." kinuha ko 'yung envelope. "Gusto ko ipakita kay Elton iyan mamaya para naman maalala ka niya at iyung pangako niyo sa isa't isa. Gusto kong maalala niya na ikaw si Thea na kababata niya na pinangakuan niyang papakasalan niya kapag malaki na kayo."

Nanginginig ang kamay ko nang buksan ang envelope at kuhanin ang mga litrato sa loob. Mga luma na ang litrato at halatang matagal na itong itinago.

"Pinakatago-tago ko pa iyan para ipakita kay Elton pagdating ng araw. Gusto kong maging masaya siya dahil magiging totoo na ang kasal na sinabi niya sa amin ni Philip noon."

Isa-isa kong tinignan ang mga litrato. Ako nga 'yung batang babae na nasa litrato. May kasama ako sa litrato na isang gwapong lalaki na mas matangkad sa akin. Ang

gwapo niya kahit bata palang siya. Kung paano siya ngumisi sa litrato ganun pa rin ngumisi si Elton ngayong malaki na siya.

Ang daming litrato na 'to. Iba't iba ang kuha. May magkahawak ang kamay. May nakasakay ako sa likod ni Elton. May natutulog kaming dalawa tapos magkahawak ang mga kamay namin. Meron pang nakatingala ako sa langit habang si Elton naman nakatingin sa akin at nakangiti.

Parang sasabog 'yung puso ko nang dahil sa mga alaala namin ni Elton noong mga bata palang kami.

"Iyang papel basahin mo." pagtuturo ni Lolo A sa naiwang papel. Sobrang luma na rin ng papel na ito. Kulay brown na dahil sa tinagal na ng panahon. "Sulat iyan ni Elton. Ang sabi niya sa akin ipapakita niya raw iyan sa'yo kapag malaki na kayo at nasa altar kayong dalawa habang nagpapakasal."

Tinignan ko 'yung sulat at binasa. Napangiti ako dahil ang pangit ng sulat ni Elton dito. Halatang bata pa nga siya nang isinulat ito.

Dear Thea,

Kapag binabasa mo ito sigurado akong magpapakasal na tayo. Masaya ka ba, Thea? Ako kasi masayang-masaya. Kasi ikaw lang ang gusto ko makasama sa tanang buhay ko, e. Ang saya nga dahil napapayag natin sila Lolo na tayo ang magpapakasal.

Thea, sana masiyahan ka sa akin kapag magkasama na tayo sa iisang bahay. Promise. Hindi man ako perfect na tao magiging perfect naman ako para sa'yo at para sa magiging pamilya natin at mga anak. Ilang araw gusto mo, Thea?

Hehe. Nakakahiya 'tong sulat ko. Ang bata ko pa pero kung anu-ano na sinusulat ko. Tiyak kapag nabasa ko 'to habang malaki na ako mahihiya rin ako. Pero ayos lang, Thea. Worth it ka naman sa kahihiyan. At mas worth it ka para pakasalan.

Thea, sana maging masaya tayo—ay mali, siguradong magiging masaya tayo dahil papasiyahin kita araw-araw. Mula sa araw na ito hindi ka na Promdi Girl. Kundi isa ka ng Falcon. At ikaw ang asawa ni Elton Alexander Guevarra Falcon.

Basta, Thea, mahal na mahal kita.

Nakakahiya talaga 'tong sulat ko.

Sana hindi 'to mabasa ni Lolo.

I love you, Promdi Girl.

Always and forever,

Elton Alexander Falcon.

Tapos may pirma pa si Elton sa gilid na ang pangit din. Batang-bata ang pagsuslat pero 'yung nilalaman pangmatanda na kung mag-isip.

Nanlabo na naman 'yung mga mata ko dahil sa luha. Hindi ko inaakalang may ganito pang ka-ekekan si Elton noon. Hindi ko alam na pursigido talaga siya na pakasalan ako.

"Umaasa akong kapag nakita iyan ni Elton mamaya bumalik ang alaala niya kasama ka," muling pagsasalita ni Lolo A habang nakatingin sa akin at nakangiti, "Afterall, hindi naman kami ng Lolo mo ang nagdesisyon na ipakasal kayo ni Elton sa isa't isa. Kayong dalawa ni Elton noong mga bata pa kayo ang nag desisyon na magpakasal kapag laki niyo."

Yinakap ko 'yung sulat ni Elton sa akin at hinayaan ang sarili ko na umiyak.

Hinihiling sa sarili ko na sana, kung makita man ito ni Elton, bumalik 'yung mga alaala niya at iyung pangako niya sa akin na papakasalan niya ako kapag laki namin.

Ton-ton, tutuparin mo pa rin kaya ang pangako mo kahit may Angelina Jolie kana?

==========

Chapter 34

Play EVER ENOUGH by A Rocket To The Moon while reading this! IT'S A MUST!

Please, comment and vote. Nawala ang commet saka vote last chapter, e. Nalungkot si Altheang bobita. HAHAHA!

Anyway, hanggang mamaya nalang na 12midnight ang botohan para sa People's Choice award sa twitter. So, please, boto lang ng boto. That Promdi Girl #MyWattysChoice as many as you can.

THANKS AND ENJOY! :)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 34.

"Althea, hindi ka pa ba kakain?"

Napalingon ako sa likuran ko at nakita ko ang hindut na bayut na kabababa lang galing hagdanan. Alas-syete na ng gabi at oras na para sa hapunan kaya tinatanong niya ako kung hindi pa ba ako kakain. Nasa may sala kasi ako ng mansion at nakaupo. Kanina pa ako rito at matsagang naghihintay. Hindi ako umaalis dahil umaasa akong sa pag dating niya ako agad ang bubungad sa kanya.

Umiling ako, "Hindi pa. Mauna na kayo."

Napatingin ako sa may hagdanan dahil bumaba naman si Klyde. Gulo-gulo ang buhok nito at mukhang kakagising lang ngayong gabi. Natulog siguro siya 'nung dumating siya kanina galing school niya. Napatingin si Klyde sa akin tapos biglang napaiwas ng tingin. Mukhang nahihiya siya. Dapat lang. Mahiya siya sa ganda ko, 'no. Ang ganda-ganda ko, 'e.

"Hinihintay mo ba siya?" tanong ng hindut saka lumapit sa akin.

"Hindi, 'no." pagtanggi ko. "Hindi ko hinihintay ang Kuya mo."

Napangisi ang kabayo, "Hindi ko sinabing si Kuya. Pero mukhang siya nga ang hinihintay mo."

"Hindi nga sabi. Kulit ng kabayong 'to. Babatukan kita sa noo." saad ko kahit tama naman ang sinabi niya. Hinihintay ko naman talaga si Elton mula kanina pang hapon dahil excitedness akong ipakita sa kanya 'tong mga litrato namin ang 'yung sulat niya para sa akin noong bata pa kami.

Tumawa siya saka napatingin sa puting envelope na hawak ko, "Ano ba 'yang hawak mo? Pansin ko kanina mo pa 'yan hawak at 'di binibitawan. Parang masyadong mahalaga ang laman niyan."

Ngumiti ako, "Tama ka. Masyadong mahalaga ang nilalaman nito." tugon ko "Masyadong mahalaga dahil dito nakasalalay ang isang napakalahagang alaala ng buhay ko."

Napatango-tango siya, "Ahh, sige. Pero kung nagugutom kana kumain ka nalang, ah? Malamang mamaya pa 'yun darating si Kuya. Palagi na siyang ginagabi sa kumpanya, 'di ba?"

"Hindi nga si Kuya mo ang hinihintay ko!!" pagpupumilit ko.

"Weh?" tapos napatingin siya sa may pintuan. "Kuya Elton!"

Biglang lumiwanag ang mukha ko nang marinig kong tinawag ni Klode ang pangalan ng Kuya niyang may matambok na pwetan at malambot na labi. Otomatiko akong napatingin sa may pintuan at nakita ko si student na kakapasok lang kasama si Dudong at Dudang na galing labasan. Inutusan ko kasi itong igala niya 'yung dalawang biik dahil naiinip na. Hindi nga kasi ako umaalis dito sa may sala.

Napahalakhak ang kabayo, "Hahaha. Hindi raw hinihintay si Kuya pero lumiwanag 'yung mukha ng marinig ang pangalang Elton," natatawang saad ng kabayo. "Mahal mo talaga si Kuya, 'no? Ganun 'yun, e. Dalawang posibleng emosyon lang ang makikita sa mukha ng isang tao kapag naririnig niya ang pangalan ng taong mahal niya. 'Yung malulungkot o kaya naman mapapangiti."

Napatahimik ako sa sarili ko nang dahil sa sinabi ni Klode. 'Yung dalawang posibleng emosyon kasi na sinasabi niya ay parehas kong naramdaman nang binanggit niya ang pangalan ni Elton. Napangiti ako pero nalungkot naman ang puso ko. Hindi ko alam na maaari mo palang maramdaman 'yung dalawang magkaibang emosyon na iyun nang dahil lamang sa iisang tao.

"Dudong at Dudang! Tara papakainin ko kayo," muling pagsasalita ni Klode. Tumakbo papunta sa kanya 'yung dalawang biik. Tapos tumingin siya sa akin. "Althea, kung ako sa'yo kumain kana. Gagabihin 'yung si Kuya. Baka tulog ka na kapag dumating 'yun." tumango nalang ako pero 'di umalis sa kinauupuan ko.

Muli kong binaling ang tingin ko sa pintuan at umaasang sa susunod na taong magbubukas ng pintuan na ito si Elton na ang makikita ko. Wala akong ganang kumain. Nae-excitedness ako sa pagdating niya para maipakita ko na 'tong mga larawan namin noong maliliit palang kaming dalawa.

Umaaasang sa pamamagitan nito magkakaroon ako ng laban at puwang sa puso niya. Kahit maliit na espasyon lang. Kahit nakasabit lang ako sa puso niya. Ayos na sa akin 'yun. Basta makapasok lang ako sa puso niya masaya na ako.

"Ton-Ton palagi mo akong dadalawin dito sa probinsya, ah?"

"Oo naman, Thea. Sa tuwing bakasyon palagi akong pupunta rito. Gustong-gusto ko palagi kang nakikitang nakangiti, e."

"Ngumingiti lang naman ako nang dahil sa'yo, Ton-Ton. I'm so beautifulness, 'di ba, Ton-Ton?"

"Haha. Tama. You're so beautiful. Ang galing mo talaga sa english Thea."

"Hehe. I knowness, rightness, Ton-ton?"

Nandun lang ako sa may sala at patuloy na hinihintay si Elton sa pagdating niya. Pero lumipas na ang oras hindi pa rin siya dumadating. 'Yung mga tao rito sa mansion nasa kani-kanila ng kwarto para magpahinga at matulog dahil dis-oras na ng gabi habang ako nananatili pa rin sa sala at hinihintay na dumating siya. Kahit nagugutom na ako tiniis ko lang ang tiyan ko. Mas importante kasi sa akin na makita muna si Elton kaysa lagyan ng laman ang tiyan ko.

May narinig akong yapak ng mga paa kaya napatingin ako sa kaliwa ko. Nakita ko si student na nakapantulog na habang may kung anong kulay puti siyang nakalagay sa

mukha. Napataas ang kilay ko dahil sa kaartehan niya.

"Anong eksena iyan, student? Ba't may ano ka sa mukha?"

"Face-mask 'to, ma'am. 'Di mo alam 'to, 'no? Weak ka kasi. Bwahaha."

"So, kung may ganyan sa mukha strongness na?" panunupalpal ko sa kanya.

"Pwede pero depende." sagot niya saka hinawakan mukha niya. "Kailangan magpaganda, ma'am. Itong face-mask na 'to nakakatulong para maging fresh ang mukha."

"Weh? Nakakaganda iyan?"

"Oo kaya, ma'am. Tignan niyo ang resulta nito. Magugustuhan ako ni Sir Elton. Bwahaha."

Kumunot ang noo ko, "Aba! Dada-moveness ka pa kay Elton, ah. Gusto mo ibitin ulit kita sa puno?"

"Sure, ma'am. Kahit anong paghihirap haharapin ko para lang kay sir Elton. Kahit pahirapan niyo lang ako ng pahirapan wala iyan sa akin. Para kay sir Elton gagawin ko kahit masaktan pa ako." buong loob niyang sagot. "Ang ganda ng sinabi ko, no, ma'am? Ma-group message nga iyan, mamaya. GM ni LiL_ChoCa_MaLdiTa ng Falcon Residence."

Tapos naglakad na palayo si student habang tumatawa na parang bruha. Ang dami na talagang exposure ng gagang si student. Ba't kaya hindi nalang siya 'yung namatay at hindi si Majinbu? Mas matutuwa pa ako kung nangyari 'yun. May balak pa siyang makiagaw sa akin kay Elton. Ito ngang isa lang ang kalaban ko para sa puso ni Elton nahihirapan na ako. Ano pa kaya kung dadagdag siya? Edi naloka na ako ng tuluyan para lang manalo?

Pero natuwa ako sa sinabi ni student kanina. 'Yung 'Para kay sir Elton gagawin ko kahit masaktan pa ako.' May maganda rin palang sinasabi 'yung gaga na 'yun. Bigla tuloy akong napaisip dahil 'dun. Ako kaya? Hanggang saan 'yung kaya kong gawin para kay Elton kahit na masaktan pa ako sa gagawin kong iyun? Hanggang saan 'yung sakit na kaya kong indahin para lamang sa lalaking nilalaman ng puso't atay ko? Kaya ko bang maging miserable para lang sa kasiyahan ni Elton?

Hindi ko na namalayan na nakatulog na pala ako sa paghihintay ko kay Elton. Nang mapatingin ako sa orasan na nasa gilid nakita kong pasado ala-una na ng madaling araw. Pero hindi pa rin umuuwi si Elton. Mukhang busy siya sa trabaho. Kahit nga si Lolo Andres simula nang umalis ito kanina kasama si sir Fernando hindi pa rin umuuwi.

Si Dudang at Dudong tulog na sa tabi ko habang nasa malambot kaming sofa. Binuhat ko na silang dalawa para iakyat sa kwarto ni Elton at makapagpahinga ng maayos.

Nang nasa kwarto na kami ni Elton inihiga ko na silang dalawa sa gitna. Nag-iwan ako ng espasyo sa kama para kay Elton. Umaasa akong maya-maya lang uuwi na siya at matutulog dito sa kama niya.

Humiga ako sa kabilang side ng kama. 'Yung unan ko inilagay ko sa mukha ko. Kaamoy nito si Elton. Biglang kumirot ang puso ko dahil sa amoy na 'to. Miss na miss ko na talaga si Elton. Itong mga nakaraang araw talaga ang layo ng loob niya sa akin. Simula nang dumating si Lolo A at ianusyo niyang next week na ang engagement party biglang dumistansya si Elton sa akin.

Kinuha ko 'yung puting evenlope sa bulsa ko at muling tinignan 'yung mga larawan namin ni Elton. Hindi ko maiwasang hindi mapangiti ng malungkot habang nakatitig sa mga larawang ito. Ito 'yung mga araw na ang saya-saya naming dalawa. 'Yung araw na ang mundo naming dalawa ay iisa lamang na parang kaming dalawa lang ang nabubuhay.

Pero ngayong malalaki na kami ibang-iba na. Parang nagkaroon kami ng magkabilang mundo. Tipong kahit iwanan ko ang mundo ko at pasukin ang mundo ni Elton hindi pa rin sapat. 'Yung kahit anong gawin ko para lang makapasok sa mundo niya hindi pa rin ako nagtatagumpay. Hindi sapat ang kakayahan ko. Hindi sapat dahil ayaw niya akong hayaan na masundan ko siya sa sarili niyang mundo.

Muli ko ring binasa 'yung liham ni Elton sa akin. 'Yung liham niyang parang desido siyang pakasalan ako kapag laki naming dalawa. Pero ngayong malalaki na kami hindi na siya desidido. Hindi na rin niya maalala 'yung pangako niya. Bawat letra ng sulat na ito bumabaon sa puso ko. Ang sakit ng bawat baon. Ang kirot. Napaiyak na naman ako saka yinakap ang sulat ni Elton.

Hinayaan ko ang sarili ko na umiyak para maibsan ang kirot sa puso ko pero kahit umiiyak ako hindi pa rin natatapos ang kirot. Mas lalo lamang itong lumalala. Bawat patak ng luha ko katumbas ng bawat pagkirot. Hindi ko inaasahan na mararanasan ko ito nang dahil kay Ton-ton na nangako sa akin na papasiyahin ako habang nabubuhay ako. Pero kabaliktaran naman ang ginagawa niya.

Ipinikit ko ang mga mata ko. Sa pagpikit ko bigla kong naalala 'yung una naming pagkikita at pagkakakilala ni Elton sa probinsya. Noong unang beses siyang dumalaw sa probinsya kasama si Lolo A.

Umiiyak din ako noon dahil 'yung suman na ginawa ko ayaw kainin ng mga kalaro ko. Pinaghirapan ko 'yung suman na ginawa ko na iyun pero ayaw nilang kainin. Pinagbawalan daw sila ng mga nanay nilang mga plastic na kainin ang kahit anong ibigay ko. 'Yung huling suman daw kasi na pinakain ko sa kanila hindi masarap. Isang linggo raw silang nagtae.

Habang umiiyak ako 'nun nangangako ako sa kanila na hindi na sila magtatae sa panibagong suman na ginawa ko. Nagpaturo na kasi ako kay Lolo Philip na gawin 'yun kaya tiyak masarap na ang lasa na iyun. Pero ayaw talaga nila. Iniwan lang nila ako na umiiyak.

Biglang may batang lalaki nagsalita sa likuran ko. Pag tingin ko sa kanya nagulat ako dahil ang gwapo-gwapo niya. Mukha siyang mayaman sa suot niya. Halatang hindi

taga probinsya. Mas matangkad siya ng kaunti sa akin. Habang nakatingin siya sa akin 'yung mukha niya nag-aalala.

"Why are you crying?" pagmumura niya sa akin.

"Waaahhhhhh! Ba't mo ko minumura?" napaiyak ako lalo. "Wala naman akong ginagawa sa'yo, ah."

"No! Hindi kita minumura. Ang sabi ko lang bakit ka umiiyak?" bahagya siyang lumapit sa akin. "Inaway ka ba 'nung mga bata kanina?"

Umiling ako, "Hindi. Ayaw lang nila kainin 'tong suman na ginawa ko. Pinaghirapan ko 'to, e." pinakita ko sa kanya 'yung suman sa kamay ko. "Ayaw nila tikman." saad ko habang humihikbi.

"Kapag ba kinain ko 'yan titigil ka na sa pag-iyak?" nakangiting tanong sa akin ng batang gwapo. "Kapag ba kinain ko iyan ngingiti ka na?"

Tumango ako, "Sige. Pero kakainin mo ba 'to?"

"Sure. Akin na." kinuha niya 'yung suman saka ito tinitigan. Napalunok pa siya habang seryosong nakatitig sa suman. "Suman ba talaga 'to?"

"Oo. Bakit? Mukha bang hindi? Pinaghirapan ko iyan, e. Waaahhhhhhh!"

"Teka, wag ka na umiyak. Kakainin ko na 'to." nagmamadali niyang kinain 'yung suman.

Nakatitig lang ako sa kanya habang nginunguya niya iyung suman. Mukhang nandidiri siya sa lasa at gusto niya itong iluwa. Pero hindi niya ginawa dahil nakatitig ako sa kanya na may luha sa mga mata ko. Ilang nguya pa ang ginawa niya hanggang sa naubos na 'yung suman. Pinunasan niya 'yung bibig niya.

"Ano? Anong lasa? Masarap ba?" natutuwa kong tanong.

"Masarap." sabi niya habang nakangiti. "O, kinain ko na 'yung suman mo. Ngumiti kana."

Bigla akong napangiti dahil sinabi niyang ngumiti na ako. Todong ngiti ang ginawa ko. Sabi kasi ni Lolo Philip ko na apat lang ang ngipin pero puro bagang pa mas maganda raw na kapag ngumingiti ay kita lahat ng ngipin. Mas masiya raw iyun tignan. Biglang napatitig ang batang gwapo sa akin tapos napaiwas ng tingin. Pansin na pansin ko 'yung pamumula ng mukha niya.

"Bata bakit? Bakit ka namumula?" nagtataka kong tanong.

"Wala naman." tumingin siya sa akin. "Anong pangalan mo?"

"Althea Josefa Marinduque." saad ko. "Ikaw bata ano pangalan mo?"

"Elton Alexander Falcon."

"El—ano?"

"Elton Alexander."

"El—ano ulit? Ang bilis mo magsalita, e."

"El. . .ton. . A. . .le. . .xan. . .der." dahan-dahan niyang sagot. Namumula ang buong mukha niya.

"Ahh, Ton-ton? Ton-ton lang pala pangalan mo pero pinahirapan mo pa ako," saad ko "Teka, Ton-ton. Bakit namumula mukha mo? Saka bakit ka nakahawak sa tiyan mo?"

Naaalarma kong tanong sa kanya. Parang ang sakit ng tiyan niya.

"Wala naman, Thea." nahihirapan niyang sagot tapos bigla siyang bumagsak sa kalye.

Nagulantang ako, "Ton-ton, teka, mamamatay ka na ba? Waaahh! Tatawagin ko si Lolo ko! Ton-ton, 'wag ka muna mamatay!! Waaaaahhhh!!"

Papatakbo na sana ako kaso bigla niyang hinawakan ang kamay ko kaya napatigil ako. Kahit nakahiga na siya sa kalye at nahihirapan nakangiti pa rin siya sa akin.

"Di—di ba ang sabi ko sa'yo kakainin ko ang suman mo kaya ngingiti ka? Bakit umiiyak ka na naman?"

"E, mamamatay ka na, e." naiiyak kong sagot.

Nakangiti pa rin siya, "Hindi ako mamatay. Ang sakit lang ng tiyan ko. So, smile na."

Ngumiti ako kahit umiiyak pa rin.

"'Yan. Mas maganda ka kasi kapag nakangiti." huling sinabi ni Ton-Ton saka pumikit ang mga mata niya.

Dinala si Ton-ton sa pinakamalapit na ospital nang humingi ako ng tulong kay Lolo Philip ko. Napag-alaman kong apo pala si Ton-ton ng kaibigan ni Lolo na dumalaw sa amin ng araw na 'yun.

Noong nasa ospital kami pinagalitan ako ni Lolo Philip dahil sa nangyari. Muntik ko na raw lasunin ang apo ng kaibigan niya. 'Wag na 'wag na raw akong gagawa ng suman dahil baka sa susunod na kumain nito bigla ng mamatay. Todo iyak na naman ako 'nun.

Lumabas na si Ton-Ton ng kwartong pinagdalahan sa kanya. Mukhang maayos na siya pero 'di ako makatingin sa mga mata niya. Muntik ko na kasi siyang patayin.

"Thea, bakit 'di mo ko tinitignan?"

"Kasi muntik na kitang mapatay. Sana 'di mo na kinain 'yung suman. Hindi naman pala masarap."

Hinawakan niya ako sa mukha at iniharap sa mukha niya. Nakita kong nakangiti siya.

"Masarap 'yung suman. Kaya ko nga kinain 'yun dahil alam kong masarap 'yun." sabi ni Ton-Ton na nakangiti at 'di man lang ako sinisisi sa nangyari sa kanya. "Kaya ngumiti ka na. Kasi gusto ko pa ulit matikman 'yung suman na gagawin mo. Kung ayaw nilang kainin, pwes, ako kakainin ko. Para lang palagi kang nakangiti."

"Waaaaaahhhh, Ton-ton!!" napaiyak na naman ako saka yinakap si Ton-ton ng mahigpit.

Simula nang nangyari iyun kay Ton-Ton nagsumikap ako sa pag gawa ng suman. Talagang pinag-igihan ko ang pagluluto ng suman. Inaral ko mabuti ang pagluluto nun dahil gusto kong sa sunod na matitikman ni Ton-Ton ang suman ko masasarapan na siya at hindi na sasaktan ng tiyan.

Sinuwerte naman ako sa pagsusumikap ko dahil sa taon kong pag-aaral para lamang maperpekto ang suman naging kilala ito sa probinsya namin. Pati nga si Lolo ko paborito na ang suman na ginagawa ko.

Diyosa ng mga suman na ang bansag sa akin ng mga kaplastikan ko sa baryo. Naperpekto ko na iyung suman sa tagal na panahon pero hindi ko na naman nakita si Ton-ton pagkatapos ng ilang beses niyang pagdalaw sa baryo 'nun.

Hindi ko mapigilan na hindi maiyak nang maalala ko 'yung unang beses naming magkakilala ni Elton. 'Yung panahon na palagi siyang nakangiti sa akin at handang kainin 'yung suman ko para lang mapasaya ako kahit na ang kapalit nito ay pagsakit ng tiyan niya. Sana. . .sana maibalik pa 'yung dating kaming dalawa. 'Yung Ton-Ton at Thea na mga bata pa at palaging magkasama na masaya.

Ang nakikita ko kasi ngayon ibang-iba na kami. Hindi na kami si Ton-Ton at Thea. Kami na si Elton at Althea na naglalakad sa magkabilang side ng mundo. Magkaiba ng

tinatahak na landas at kinakalimutan na ang pinagsamahan. Hindi na si Elton 'yung Ton-Ton na handang gawin ang lahat makita lang akong nakangiti. Siya na kasi 'yung Elton na handang gawin ang lahat para sa ibang babae.

Nakatulog na ako nang gabing iyun na may luha sa mga mata na dala ng kalungkutan at nagdasal sa Diyos ng mga suman na maibalik sa akin 'yung Ton-Ton na una kong nakilala.

~~*~*~

Late na naman ako nagising kinabukasan at agad nalungkot na wala na si Elton sa kama niya. Mukhang hindi nga siya umuwi dahil hindi man lang nagulo 'yung pinaghigaan niya. Nang bumaba ako sa dining area para mag-almusal si Lolo Andres na naman ang naabutan ko na nagbabasa ng dyaryo. Nakita niya ako kaya inaya niya akong kumain.

"Nasaan po si Elton, Lolo? Hindi ba siya?" tanong ko sa kanya habang kumakain ng pancake.

Ibinaba niya 'yung dyaryo saka tumingin sa akin, "Nasa bukidnon si Elton. May inaasikasong business." napailing-iling siya. "Biglaan nga ang pagdating 'nung investor sa bukidnon kaya biglaan din ang pagpunta ni Elton 'dun i-meet sila. Hindi na tuloy siya nakapagpaalam sa'yo."

"Mga ilang araw po siya 'dun?" nalungkot kong tanong.

"1 week ata?" hindi niya siguradong sagot. "Pero 'wag ka mag-aalala. Tatawagan ko siya mamaya at sasabihin kong umuwi na siya. Pwede na niyang iwan sa iba 'yung trabaho 'dun. Tutal, hindi rin siya pwede magtagal 'dun dahil tatlong araw nalang engagement party niyo na."

"Salamat po." sagot ko at ngumiti.

Pero sa totoo lang 'di ko kayang ngumiti. Mukhang ginusto ni Elton na pumunta 'dun sa Bukidnon para kahit ilang araw mapalayo siya sa akin.

"Anyway, apo."

"Ano pong way iyan?"

Natawa siya, "Hahaha. Laughtrip dizz. Sabi ko, anyway, mamaya kukunin na ni Ferds 'yung dress mo. Pati 'yung shoes. Pinagawa ko 'yun sa sikat na designers dahil gusto kong sa araw ng engagement niyo 'e ikaw ang pinakamaganda." pagsasalita niya. "Gusto kong makita na maglaway si Elton sa'yo." napahagikgik siya.

Ngiti lang ang isinagot ko sa kanya. Maglaway? Imposible mangyari 'yun.

"Bakit ang down mo ngayon? Hindi ba maganda pakiramdam mo o miss na miss mo lang si Elton?" pagtatanong ulit ni Lolo A "Naku, apo, kapag kinasal na kayo masanay ka na. Tiyak palaging mawawala si Elton dahil sa kumpanya."

Okay lang sana kung nawawala siya rito sa mansion nang dahil sa trabaho, e. Pero halata naman na iba ang dahilan ng pagkawala niya. Mas pinipili niya ngayon na wala rito sa mansion para maiwasan ako. Mas gusto niya ang mundong wala ako para 'di na siya naguguluha. 'Yun ang sabi niya, 'di ba? Ginugulo ko raw siya. Ginugulo ko ang mundo niyang wala namang Althea Josefa dati.

"Wag kang mag-aalala, apo. Sisiguraduhin kong uuwi na agad si Elton para mapakita mo 'yung mga picture at sulat niya sa'yo dati." paninigurado ni Lolo A bago siya umalis papuntang kumpanya.

Ang tahimik na naman ng mansion dahil nasa school 'yung ibang falcons. Sana nag-aaral din ako para naman may pinagkakaabalahan ako ngayon. Ngayon kasing wala akong ginagawa kinakain ako ng kalungkutan ko. Kalungkutan na si Elton ang dahilan.

Nasa may garden ako ng mansion at nagpapalipas ng oras. Pinapanood ko si Dudang at dudong na naglalaro. Hinahabol nila 'yung paru-paro na parang mga shunga. Ang baboy nila magtakbuhan sa totoo lang. Kung andito kaya si Majinbu makakasundo niya itong dalawa? Malamang, oo. Makakasundo sa pambu-bullyness at pang-i-snob sa akin. Mga baboy na 'to galit sa magandang ako.

"Mukhang malungkot ka, ah? Na-miss mo ba 'ko?"

Bigla akong nanigas ng marinig ko ang boses na iyun. Paglingon ko sa likuran ko nakita ko ang gwapong mukha ng baby suman ko. Nakangiti siya habang nakatingin sa akin. Mukhang galing trabaho si Jonas dahil naka-business suit siya. Lumakad siya papunta sa gawi ko tapos umupo sa harapan ko.

"Buhay ka pa pala? Akala ko deads ka na!" pagbibiro ko sa kanya.

"Grabe naman. Deads agad? Hindi ba pwedeng MIA lang dahil busy sa trabaho?" natatawa niyang sagot.

"MIA? Ano 'yun?"

"Missing in action." saad niya. 'Di man lang nawawala ang ngiti.

"Hindi ka MIA."

"E, ano pala?"

"MIAKHIAB."

"Anong ibigsabihin 'nun?" naguguluhang tanong ni Jonas.

"Missing in action kasi hindi ikaw ang bida." sabi ko saka tumawa.

"Haha. Ang sakit, ah. De bali, malapit na ako maging bida."

"Ano pala ginagawa mo rito sa mansion? Wala kang trabaho?" pag-iba ko ng usapan.

"Kinuha ko lang 'tong mga documents na pinapakuha ni Chairman." pinakita niya 'yung documents. "Ikaw? Bakit nag-iisa ka tapos mukhang malungkot pa."

"May iniisip lang."

"Iniisip mo siya?"

"Hindi ko iniisip si Elton. Bakit lahat nalang ata kayo sinasabing siya ang laman ng utak ko?"

Natawa si Jonas, "Wala naman akong sinabi na pangalan. Pero mukhang si Elton nga ang iniisip mo. Ilang araw na kasi siyang nasa bukidnon, 'di ba? Miss mo na?"

"Miss? Bakit ko naman mamimiss 'yung bwisit na 'yun? Bakit ko namimiss 'yung lalaki na 'yun na 'di mo maintindihan ang trip sa buhay. Bakit ko mamimiss 'yung ulaga na 'yun na masungit tapos biglang magiging mabait tapos balik pagsusungit na naman at may bonus pang pag-iwas?" dire-diretso kong pagtatanong kay Jonas. Napatigil siya.

"E, bakit naiiyak ka na mabanggit mo lang pangalan ni Elton?" naging seryoso si Jonas kaya napatigil ako at napahawak sa mga mata ko. Naramdaman kong may luha kaya mabilis ko itong pinunasan. "Mahal mo na si Elton? May feelings ka na sa kanya?"

Hindi ako nakasagot sa tanong ni Jonas. Hindi dahil wala akong maisagot. Kundi dahil ayokong aminin sa sarili ko na mayron na nga. Na mahal ko na talaga si Elton sa 'di ko alam na paraan kung paano nag-umpisa. Parang isang araw nagising nalang ako na ganun na nararamdaman ko sa kanya.

"Althea.." malungkot na tinawag ni Jonas ang pangalan ko. "Naalala mo ba 'yung kinuwento ko sa'yo? 'Yung tungkol sa lalaking may kababatang babae na mahal niya? May sasabihin ako pero 'wag na 'wag mong sasabihin kahit kanino kahit kay Elton, ah? Secret lang natin 'to."

"Oo," sagot ko "Anong meron 'dun?"

"Gusto kong malaman mo na ako 'yung lalaki na 'yun. Ako 'yung nagmahal sa kababata kong babae." nagulat ako sa sinabi niya.

Ngumiti lang si Jonas tapos may kinuhang magazine sa likod 'nung documents na nasa harapan namin. Inilapag niya ito sa harapan ko. May nakita akong isang napakagandang babae na nasa harapan ng magazine. Ang ganda-ganda ng babaeng 'to. Mukhang anghel sa ganda. Parang bigla akong nakaramdam ng inggit. Pero bigla rin akong may na-realizedness. Parang nakita ko na 'tong babae na 'to.

"Teka—si Cameron Diaz 'to, ah?" gulat kong pagturo 'dun sa picture. "Ito 'yung girlfriend ni Elton, 'di ba? Ito 'yung kababata mo na minahal mo?"

Nakangiti si Jonas saka tumango, "Hindi iyan si Cameron Diaz. Iyan si Jeninna San Jose. And yes, siya 'yung girlfriend ni Elton. Siya 'yung kababata ko na minahal ko."

Napanganga ako sa sinabi ni Jonas. Hindi ko inaasahan na si Jen—Cara Delevingne ang kababata niyang minahal niya na girlfriend na ngayon ni Elton.

"Pero—pero bakit? Bakit kung minahal mo pala siya at magkababata kayo, bakit 'di mo sinabi sa kanya?"

Napaiwas ng tingin si Jonas pero 'di nawawala 'yung ngiti sa labi niya, "Kasi alam ko naman na hanggang kaibigan lang ang tingin niya sa akin. Mas okay na ako 'dun. Mas okay na ako sa kaibigan lang kasi 'dun alam kong magtatagal kami." tumingin siya sa akin. "Hindi porket mahal mo ang isang tao kailangan mo ng sabihin ito sa kanya. May pagmamahal na kailangan ipangalandakan sa buong mundo at may pagmamahal na kailangan nalang itago sa sarili natin."

"Edi nung naging sila ni Elton nasaktan ka?"

"Nung una, syempre. Nung naging sila naiisip ko na sana ako 'yung kahawak ng kamay ni Jen. Ako 'yung minamahal niya. Ako 'yung nagpapasaya sa kanya." may lungkot sa mukha si Jonas pero bigla rin nawala "Pero nung nakita ko kung gaano kasaya si Jen nang makilala niya si Elton at naging sila, naging masaya nalang ako sa kanilang dalawa. Kitang-kita ko kasi 'yung kasiyahan ni Jen na tanging si Elton lang ang makakapagbigay."

Natahimik ako. Hindi ko alam ang sasabihin. Kumirot 'din ang puso ko dahil 'dun. Kasiyahan na tanging si Elton lang ang makakapagbigay. Ano kayang pakiramdam ng kasiyahan na iyun?

"Alam mo bang before makilala ni Elton si Jen, miserable ang buhay ni Jen?" muling pag ku-kwento ni Jonas. "10 years old siya nang maghiwalay ang Mom at Dad niya. May ibang lalaki kasi ang Mom niya at sumama ito sa lalaki niya. Simula nang maghiwalay ang Mom at Dad niya 'yung Dad niya palaging lasing. Palagi siyang binubugbog and worse pinagsasamantalahan."

Napasinghap ako sa gulat.

Nagpatuloy si Jonas, "Yea, ganun nga. Niri-rape siya ng tatay niya. Bilang ganti sa mommy niya. Si Jen ang dumanas ng ganung kalupit na ganti nang dahil sa pag-iwan ng Mom niya. Ilang taon iyun tumagal hanggang madiscover ito ng kamag-anak ni Jen at kinuha siya. Pero nag-iba si Jen. Palaging tulala at palaging malalim ang iniisip. Parang nabubuhay na patay. Lahat iyun sinisisi ni Jen sa mama niya."

"Kahit ako na kaibigan ni Jen walang nagawa para mapasaya si Jen at ibalik sa dati niyang sarili. 'Yung palaging nakangiti at tumatawa. Tumagal iyun hanggang college kami. Pero nag-iba si Jen nang makilala niya si Elton. Muli siyang ngumiti at tumawa. Muli siyang bumalik sa dati niyang sarili. Lahat ng iyun nang dahil kay Elton. Si Elton ang umalalay kay Jeninna sa panahong walang-wala na siyang makapitan."

Tumulo na iyung luha ko. Patuloy lang sa pag-agos dahil masyado palang masaklap ang pinagdaanan ni Ellen Degeneres sa buhay. Ngayon naiintindihan ko na kung bakit mahal na mahal siya ni Elton.

"Nalaman ni Elton 'yun at pinangako niya kay Jen na 'di niya ito iiwan kahit anong mangyari. Nakita ni Elton ang sarili niya kay Jen kaya pinangakuan niya itong kahit anong mangyari, silang dalawa ang magsasama sa huli. Dahil 'dun, si Jen palaging nakakapikit kay Elton at si Elton naman palagi siyang sinusuportahan sa lahat ng gusto ni Jen. Para kay Elton si Jen ang top priority niya."

"Nasaksihan ko 'yung pagmamahalan nilang dalawa. Kahit mahirap tinanggap ko. Tinanggap ko na hindi ako 'yung lalaking makakapagpasaya sa kanya kundi iba. 'Yung pagmamahal ko sa kanya tinago ko nalang at hinayaan na mawala para sa kapakanan niya. Mas importante kasi sa akin 'yung kaligayahan niya. Ganun naman, 'di ba? Mas importante sa atin 'yung kaligayahan ng mahal natin kaysa sa sarili nating kaligayahan."

Natahimik kaming dalawa ni Jonas hanggang sa ako naman ang nagsalita.

"Jonas, salamat."

Nagulat si Jonas, "Para saan?"

Ngumiti ako at nagpunas ng luha, "Sa pagpapaintindi sa akin na may pagmamahal na kailangan ipangalandakan sa buong mundo at may pagmamahal na kailangan nalang itago sa sarili natin." saad ko "Ito lang 'yung hinihintay ko para isuko si Elton. Para hindi ituloy ang kasal. Ngayon naiintidihan ko na kung bakit mahal na mahal ni Elton ang girlfriend niya. Siya lang kasi ang makakapitan nito. Si Elton lang ang meron siya."

"Ayokong maging makasarili," pagpapatuloy ko. "Ayokong maging akin si Elton dahil lamang napilitan siyang pakasalan ako at iwanan ang totoo niyang minamahal. Ang pagpapakasal ay pagsasama ng dalawang tao na may parehas na pagmamahal sa isa't isa at hindi dahil ipinangako nila noong mga bata sila na silang dalawa ang

magpapakasal kapag laki nila." muling tumulo ang luha ko. "Salamat, Jonas. Ngayon, maisusuko ko na talaga si Elton. Maipapamukha ko na sa sarili ko na wala talagang pag-asa."

"Althea.."

Natawa ako, "Parehas pala tayong nagmahal sa kababata. Parehas din nasawi ang pag-ibig sa kababata." tumatawa kong saad kahit wasak na wasak na ang puso ko.

Iyung pangako ni Elton sa akin noong mga bata palang kaming dalawa wala na palang silbi. Kahit pala ipakita ko kay Elton 'yung larawan at sulat niya wala na rin iyung saysay. Mapupunta lang sa wala ang paghihirap ko. Ito na talaga ang tamang panahon para tapusin ang kahibangan ko at mabuhay na ulit sa realidad. Mabuhay na sa katotohanang hinding-hindi ko makukuha si Elton.

'Nung gabing dumating si Lolo Andres masaya ako nitong sinalubong.

"Althea!" pagtatawag niya sa akin. Paakyat na sana ako sa hagdanan nang marinig ko siyang tumawag. Nasa may pintuan pa siya kaya hinintay ko si Lolo A na makalapit. "Uuwi na ngayong gabi si Elton."

"Talaga po?" saad ko 'di man lang magawang maging masaya.

"Yes. Maipapakita mo na yung sulat at larawan niyo nung mga bata palang kayo." masaya niyang tugon.

"Ay, Lolo. Tungkol po pala diyan," nawala ngiti ni Lolo. "Gusto ko pong sana humingi ng pabor. 'Wag na 'wag niyo po sanang banggitin kay Elton 'yung sulat o 'yung larawan. 'Wag niyo rin pong sabihin sa kanya na magkakilala na kaming dalawa 'nung mga bata palang kami at kaming dalawa ang nag desisyon na magpapakasal kami kapag malalaki na kami."

"Ha, bakit?" naguguluhan niyang tanong.

"Gusto ko lang pong maalala ako ni Elton sa sarili niyang paraan at hindi dahil lamang sa sulat at larawan na iyun." sagot ko. "Mas maganda 'yun, 'di ba? Hindi sapilitang pag-aalala ang ginawa natin."

Ayoko rin 'yung maalala nga ako ni Elton pero 'yung girlfriend pa rin niya ang pipiliin niya. Gusto kong itago nalang hanggang sa kamatayan ko 'yung mga alaala namin ni Elton noon na kinalimutan na ng panahon.

"Kung iyan ang gusto mo, sige." sagot ni Lolo A tapos bigla siyang napatingin sa may pintuan. Andun na si Elton na kakarating lang. "Oh, andito na pala si Elton, e. Ang bilis, ah."

Napasimangot si Elton, "E, 'di mo ko tinigilan hanggang 'di ako umuuwi, e." naiinis niyang sagot saka tumingin sa akin. "Kumusta?" naiilang siyang ngumiti sa akin.

"Maiwan ko muna kayo." pagpapaalam ni Lolo A at nauna ng umakyat.

Kaming dalawa nalang ni Elton ang naiwan. Gusto ko siyang lapitan at yakapin. Gusto kong haplusin ang mukha ni Elton. Gusto kong sabihin sa kanya na miss na miss ko siya at ako si Thea na kababata niya. Pero pinigilan ko ang sarili ko. Nilaksan ko ang loob ko kahit na naiiyak na naman ako sa pagtingin ko lang kay Elton ngayon.

Hindi ko inaasahan na darating ang puntong kahit nakatingin lang ako kay Elton maiiyak ako. Ang lapit-lapit niya lang sa akin ngayon pero ang layo-layo rin naman niya. Kahit anong gawin ko hindi ko siya maabot. Ang tangi ko lang natitira sa akin ay sumuko. Sumuko na kahit anong gawin ko hindi ko siya makukuha at maangkin.

'Para kay sir Elton gagawin ko kahit masaktan pa ako.'

Bigla na naman pumasok sa isipan ko 'yung sinabi ni student noong isang gabi.

Tama nga siya. Para kay Elton lahat gagawin ko kahit masaktan pa ako.

Ganito pala kapag mahal na mahal mo ang isang tao. Mas pipiliin mo na palayain siya kahit paghihirap naman ang kapalit nito sa'yo. Mas importante ang kaligayahan niya kaysa sa kaligayahan mo.

Lumapit ako kay Elton saka hinaplos ko ang pisngi niya. Hinaplos ko ang pisngi ng lalaking kahit kailan 'di ko maaangkin.

Nanigas si Elton sa kinatatayuan niya dahil sa biglaang paghaplos ko sa mukha niya. Pero 'di niya tinanggal ang kamay ko. Nanatili ang kamay ko sa pisngi niya.

Nakatitig kami sa isa't isa saka ako ngumiti. Isang klase ng ngiti na mahirap makita kung buhat ba ito ng kaligayahan o kalungkutan.

"Napagdesisyunan ko na. Hindi ka na mahihirapan pa," pagsasalita ko. "Sana maging masaya ka, Ton-ton." sabi ko saka tumalikod.

Bago pa bumagsak ang luha ko tumakbo na ako palayo kay Elton.

Wala na talaga. Kailangan ng kalimutan ang lahat.

Dahil si Thea at Ton-Ton ay bahagi nalang ng aming nakaraan na kailangan ng kalimutan.

==========

Chapter 35

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 35.

Sa buhay ng tao madalas tayong nakakagawa ng desisyon na hindi natin gusto pero kailangan. Desisyon na kahit hindi tayo magiging masaya sa posibleng magiging resulta, kailangan pa rin natin gawin dahil iyun ang nararapat. Desisyon na tama. Desisyon na ikakabuti. Desisyon na para sa lahat.

Kapag gumawa ka kasi dapat ng isang desisyon hindi 'yung pansarili mong kapakanan ang iniisip ko kundi 'yung nakakaraming tao sa paligid mo. Kung may masasaktan ka ba kapag ginawa mo iyun. Kung may madedehado. O, kung may maiipit na ibang tao. 'Dun ka dapat sa desisyon na mas kakaunting tao ang masasaktan. Kailangan mong mag sakripisyo ng kapakanan ng ilan para sa ikakabuti ng karamihan.

Siguro ito 'yun isa sa kinaiinisan kong katangian na itinuro sa akin ng Lolo Philip ko. Pinalaki niya kasi akong hindi makasarili. Pinalaki niya akong kapakanan ng ibang tao ang iniisip at inuunu kaysa sa pansarili kong kaligayahan. Siguro kung makasarili ako hindi ako masasaktan at mahihirapan ng ganito. Siguro kung sakim ako sa isang bagay madali kong makukuha ang isang bagay o tao na ginusto ko.

Pero nabubuhay ako sa realidad na hindi ako makasarili. Ako 'yung tipo ng tao na mas okay na ako ang masaktan kaysa 'yung tao sa paligid ko. Ako 'yung tipo ng tao na mas pipiliin maging miserable kaysa maging miserable 'yung taong mahal ko. Wala, e. Tanga na kung tanga pero ayos lang. At least, kahit hindi ko makuha ko ang gusto ko, makikita ko naman siya na iniingitan ng ibang tao.

Pwede kong isampal kay Elton 'yung sulat at 'yung pangako niya. Pwede kong ipaalala sa kanya 'yung mga alaala naming dalawa na kanyang kinalimutan. Alam ko at sigurado akong kapag ginawa ko iyun magkakaroon ako ng puwang sa puso niya. Pero hindi ko ginawa. Hindi ko sinunod ang inuutos sa akin ng buong katawan ko. Mas okay na ako na isuko siya dahil iyun ang nararapat para sa aming lahat.

Hindi ko kayang makuha siya nang dahil lamang sa sulat niyang iyun at mga alaala namin noong kabataan namin. Hindi ko kayang kuhanin siya sa isang tao na walang-wala na at tanging si Elton nalang ang kinakapitan at meron sa buhay. Hindi ko maaaring nakawin pabalik si Elton sa isang babae na ginawang miserable ng tadhana ang buhay. Kumpara sa aming dalawa ni Selena Gomez mas kailangan niya si Elton. Mas kailangan niya ito sa buhay.

Kailangan niya ng makakapitan. Kailangan niya ng kakampi. At sa kasamaang palad, 'yung kailangan niyang tao ay 'yung taong kailangan ko rin. Pero ako na ang magpaparaya. Ako na ang aatras. Ako na ang magbibigay at susuko. Dahil sa kwentong ito hindi naman ako ang bida. Ako ang lumalabas na kontrabida. Ako iyung hadlang sa masayang buhay ni Elton at ni Miley Cyrus.

Kumbaga sa isang fiary tale si Elton ang prinsipe at si Rihanna naman ang prinsesa. At ako? Habang ako naman ay isang mansanas na may nilalamang lason. Ako 'yung magiging hadlang para magkaroon sila ng masayang pagwawakas. Tsk. Hay nako. Ayoko maging mansanas. Pwede bang suman nalang? Suman nalang ako na may lason para prettyness.

'Nung tumakbo ako palayo kay Elton umakyat ako paakyat sa hagdanan. Kailangan ko makausap si Lolo Andres ngayong gabi. Alam kong nasa library siya ngayon kaya 'dun ako dumiretso. Nang nasa tapat na ako ng pintuan ng library marahan akong kumatok.

"Sino iyan?" tanong ni Lolo A mula sa loob ng library.

Napasimangot ako. Malalaman niya ba kung sino ang kumakatok kung 'di niya papapasukin? Minsan shunga rin 'tong si Lolo Andres, e. Nananapak pa naman ako ng shunga.

"SUMUKO KA NA!" sumigaw ako habang nasa tapat pa rin ng pinto. "NAPAPALIGIRAN KA NA NAMIN!"

Narinig ko siyang natawa mula sa loob, "HINDI AKO SUSUKO!" sigaw niya "LALABAN AKO!"

Aba! Fighterness ang matanda. Akala mo naman healthyness pa ang tuhod.

"BAKIT AYAW MONG SUMUKO?" sigaw ko pabalik.

Nakita ko si Elton sa gilid ng mata ko na nakatayo sa 'di kalayuan at nakatitig sa akin. Hindi ko siya pinansin. Naiinggit ata siya sa paglalaro namin ni Lolo A. Kung naiingit siya maglaro rin sila ng girlfriend niya ng baril-barilan. 'Yung totoong baril ang gamitin niya para masaya. Bwahaha.

"KASI LAUGHTRIP DIZZ KA!" sigaw naman ni Lolo A "Haha. Anong kailangan mo, Althea, apo? Pasok ka."

Muli akong napasulyap kay Elton nang pihitin ko pabukas ang pintuan. Bago ako pumasok sa loob binigyan ko muna siya ng matamis na ngiti. Isang matamis na ngiti kahit kumikirot naman ang puso ko habang nakatingin sa gwafu niyang mukha.

Pag pasok ko sa loob naabutan ko si Lolo A na nakaupo sa may desk niya at may hawak-hawak na mga papel. Mukhang busy siya pero inilapag niya naman ito nang makita niya ako.

Ngumiti siya, "Bakit, Althea?"

Lumapit ako saka tumayo sa harapan niya. "May sasabihin po ako sa inyo, Lolo. H'wag po sana kayong mabibigla." seryoso kong pagsasalita. "Sana po maintindihan niyo kasi ito ang gusto ko. Ginusto ko po ito kaya wala po kayong dapat sisihin kundi ako lang."

Napatitig si Lolo A sa akin saka biglang napalunok. Mukhang kinakabahan siya sa maaari kong sabihin. Natatakot tuloy ako sa posibleng maging reaksyon niya. Baka bigla siyang atakihin sa puso kung meron man siyang sakit dito. O, baka naman bigla siyang atakihin ng atraytis.

"Ano 'yun?" kabado niyang sagot.

Huminga muna ako ng malalim bago sabihin ang nilalaman ng utak ko.

Tumingin ako ng straightness sa mata ni Lolo A.

"Buntis po ako,"pagsasalita ko.

Lumaki iyung mata ni Lolo A saka biglang napatayo, "WHAT?" sigaw niya. "BUNTIS KA?"

"Tama po kayo. Buntis po ako." seryoso kong sagot.

"Yang Elton Alexander na iyan!!" sigaw niya ulit. "Tawagin mo 'yan dito at kakausapin ko 'yan!!"

"Hindi po si Elton ang ama," tugon ko.

Mas lalong lumaki ang mata ni Lolo A, "Kung hindi si Elton si—sino?" nauutal na siya. "Si Brylan Klyde? Shit. I can't believe this. Alam kong babaero 'yung apo ko na 'yun pero hindi ko inaasahan na pati ang mapapangasawa ng kuya niya 'e tataluhin niya." galit na galit si Lolo. "BRYLAN KLYDE!!!"

"Lolo, kalma. Hindi rin po si Klyde." pagpigil ko sa kanya.

Naguguluhan na ang matanda, "E, sino? Kung hindi si Elton at Klyde. Si Klode?"

Umiling ako, "Hindi rin po." tugon ko. "Si Chris po, Lolo. Si Chris po ang nakabuntis sa akin."

"SI CHRIS?" napasigaw na naman si Lolo. "Pero—teka, limang taon palang ang apo kong si Chris." sabi niya saka namutla. Napahawak pa si Lolo sa dibdib niya. "Teka—papaanong si Chris?"

Tumitig lang ako kay Lolo A at pinagmamasdan ang naging reaksyon niya. Putlang-

putla na ang mukha niya at halatang 'di makapaniwala sa sinabi ko. Hanggang sa 'di ko na nakayanan at napatawa na ako ng bongga. Todo tawa ako sa harapan ni Lolo A kasi ang shunga niya. Shunga-shunga niya.

"HAHAHAHAHA!"

Napatingin ulit siya sa akin at muling naguluhan, "Bakit ka tumatawa?" saad niya "Pinagtitripan mo lang ba ako, Althea, apo?"

"Hindi ba halata, Lolo? Hahaha." natatawa kong sagot. "Jusko, Lolo. Seryoso? Ako buntis tapos si Chris ang ama? Lah, lolo naman. E, wala namang alam sa ganun si Chris, 'no."

"Jusko, Althea. Muntik na akong atakihin dahil sa sinabi mo." napakapit sa dibdib niya si Lolo. "Mabuti nalang tinamad 'yung puso ko na atakihin siya." ngumiti siya. "Pero ano bang sadya mo? Dapat nasa kwarto ka na ni Elton ngayon at nag-uusap kayo."

Biglang kumirot ang puso nang mabanggit niya 'yung pangalan ni Elton.

"Iyun nga po talaga ang sadya ko, Lolo." saad ko. Muling nagseryoso "Gusto ko na pong bumalik sa dati kong k'warto."

"Dati mong k'warto? Ha? Saan ka ba natutulog? Hindi ba sa kwarto ni Elton?"

Umiling ako, "Hindi po." sabi ko. "Dun po ako sa kwarto sa basement natutulog, Lolo. Simula po 'nung dumating ako at umalis kayo 'dun po ako natutulog."

"Kwarto sa basement? Bodega 'yun, ah?" seryoso niyang sagot. "Sino nagpatulog sa'yo 'dun? Si Elton ba? 'Yun ba ang ginawa niyang kwarto mo?"

Galit na galit si Lolo Andres ngayon. Pero 'di ko pwedeng sabihin na si Elton nga dahil tiyak malilintikan si Elton kapag nagkataon. Saka, hindi naman dapat magalit si Lolo A, 'di ba? Naging mabait lang si Elton sa akin kaya binigyan niya ako ng sariling kwarto para kahit papaano may privacyness ako.

"Wag po kayong magalit kay Elton, Lo." ngumiti ako. "Ako po may gusto 'nun. Hindi po kasi ako sanay na may katabing lalaki sa isang kama kaya sinabi ko sa kanya na bigyan ako ng sariling kwarto. Ayaw niya nga po pumayag pero nagpumilit ako."

"Pero bakit 'dun sa bodega? Bakit iyun ang binigay niya? Ang daming guest room dito sa mansion. Pwede kang mamili kung saan ang gusto mo."

"Mas gusto ko po 'yung bodega, Lolo. Hindi naman po ako sanay sa magagandang kwarto dahil lumaki lang ako na may simpleng buhay," saad ko "Kaya sana 'wag kayong magalit kay Elton. Babalik na rin po ako 'dun sa dati kong kwarto magmula ngayong

gabi."

"Pero—"

"Pleaseness, Lolo. Gusto ko po 'dun." pagpupumilit ko. "Saka baka kasi kung magsama kami sa iisang kwarto ni Elton 'e may mangyari."

"Baka gapangin ka ni Elton?"

Umiling ako, "Hindi. Baka gapangin ko siya. Mwahahaha." tugon ko. "Sige, Lolo. Goodnightness and salamat po." tumalikod na ako.

Bago pa ako makalabas ng library nagsalita muli si Lolo A, "Althea, hindi kita maintindihan."

Hinarap ko siya, "May mga bagay sa mundo na 'di na natin kailangan intindihin kasi masasaktan lang tayo kapag pinilit natin unawain." sabi ko at nag-iwan ng matamis na ngiti.

Paglabas ko ng library napahinga ako ng maluwang. Sa ganitong paraan ko sisimulan na idistansya ang sarili ko kay Elton. Kahit alam kong huli na ang lahat kailangan ko pa rin protektahan ang sarili ko para 'di ako tuluyang mawasak kapag nagkataon. Umaasa akong kahit nagsimula na ang pagkadurog ng puso ko, sa pag distansya ko sa kanya, mabubuo ko pa rin ang piraso ng puso ko na nawasak niya.

Naglakad na ako papunta sa kwarto ni Elton. Hindi ko alam kung papaano ko siya haharapin ngayon. Hindi ko alam kung ano ang isasagot ko kapag tinanong niya ako kung anong ibigsabihin na 'di na siya mahihirapan pa. Pero kailangan ko makuha 'yung dalawang biik.

Pumasok na ako sa kwarto ni Elton. Wala siya sa loob at mukhang nandun siya sa banyo dahil naririnig ko ang pag-agos ng tubig mula 'dun. Mabilis ko ng binuhat si Dudong mula sa kama. Nang si Dudang na ang bubuhatin ko bigla itong gumulong pakanan. Akala ko gising siya pero natutulog pa rin.

Nang muli ko siyang bubuhatin bigla namang gumulong pakaliwa si Dudang.

"Pisting yawang biik na 'to," napamura na ako. Nang akma ko ulit siyang kukunin bigla na naman siyang gumulong. "Isa pang gulong mo, Dudang. Ihahambalos kita sa pader." pagbabanta ko kaya napatigil si Dudang sa paggulong niya at nabuhat ko na siya ng tuluyan.

Bumaba na ako ng kama habang buhat-buhat ko na ang dalawang biik sa bisig ko. Maingat ako sa paggalaw dahil baka marinig ni Elton na andito ako sa kwarto. Nasa may pintuan na ako akmang bubuksan na ang pintuan nang biglang bumukas ang pintuan ng banyo. Niluwa nito si Elton na tanging boxer lang ang suot habang nagpupunas ng katawan.

Nagtama ang mga mata naming dalawa. Napatingin siya kay Dudong at Dudang tapos sa akin ulit. Mukhang naguguluhan siya kung sino ba ang totoong biik sa aming tatlo. Punyemas na Elton 'to. Pitikin ko iyang betlog mo makita mo. Ampness!

"Saan mo sila dadalhin?" seryoso niyang tanong.

Napaiwas ako ng tingin, "Sa ibaba. 'Dun sa dati kong kwarto." tugon ko. "Hindi na ako rito matutulog. Babalik na'ko 'dun sa kwarto ko."

"Hindi pwede! Malalagot tayo parehas kay Lolo!"

Napatingin ako kay Elton at seryoso ang mukha niya, "Wag ka mag-aalala. Sinabi ko na kay Lolo na 'dun naman talaga ang kwarto ko." sabi ko "At 'wag ka rin mag-aalala dahil 'di kita sinumbong. Alam mong hinding-hindi kita kayang ipahamak."

"Bakit?" titig na titig si Elton sa akin.

"Anong bakit? Hindi ba halata? Kailangan kong dumistansya mula sa'yo."

"Bakit?" pag-ulit niya. Naglalakad na papunta sa gawi ko si Elton. "Bakit kailangan mong dumistansya?" patuloy lang siya sa paglalakad hanggang sa magkatapat na kaming dalawa. Napasandal ako sa may pintuan. "Bakit mo nasabing 'di na ako mahihirapan pa. Bakit, Althea?"

Napatigil ako nang banggitin ni Elton 'yung totoo kong pangalan at 'di niya ko tinawag bilang Promdi Girl. Ibang klase rin kung paano niya banggitin 'yung pangalan ko. Parang may emosyon. Parang nasasaktan o nahihirapan. Para rin siyang naguguluhan.

Pero baka mali lang ako ng pagkakarinig. Baka masyado lang akong nadadala ng imahinasyon ko. Baka rin kasi umaasa pa rin ako na may somethingness na siya sa akin kahit wala naman. Siguro umaasa pa rin ako na meron at kaya niyang suklian 'tong nararamdaman ko sa kanya.

Pero hanggang saan ba ako aasa? Hanggang saan ako magpapakatanga at hanggang saan ko hahayaan ang sarili ko na masaktan sa isang bagay na imposibleng mangyari? Ito ang mahirap sa isang tao, e. Hindi niya alam kung hanggang saan nalang ba dapat. Kung kailan siya titigil kapag nasasaktan na. Kasi ang tao umaasa pa rin siya sa isang bagay na alam naman niyang hinding-hindi mangyayari.

"Althea." muling tinawag ni Elton ang pangalan ko.

Ngayon ramdam na ramdam ko na 'yung emosyon sa boses niya. Sigurado akong nahihirapan siya. Hindi ko alam kung bakit siya nahihirapan. Pero iyun ang alam kong dahilan kung bakit sa ganun niyang paraan tinawag ang pangalan ko.

Naramdaman kong isinandal ni Elton ang noo niya sa ulo ko. Nakatayo siya sa harapan ko ngayon. Halos dumikit na ang mukha ko sa maskuladong dibdib ni Elton. Hinarang niya rin sa magkabilang gilid ko 'yung mga kamay niya. Nakakulong ako ngayon sa harapan ni Elton.

"Althea. . .bakit?"

Sinubukan ko siyang itulak pero 'di siya natinag. Nanatili pa rin siya sa harapan ko.

"Elton, ano ba? Umalis ka nga sa harap ko. Lalabas na ako."

"Bakit ka iiwas?" napatingala na ako at nagulat ako. Nagulat ako hindi dahil ang lapit-lapit ng mukha naming dalawa ni Elton. Nagulat ako dahil 'yung mukha ni Elton ay parang naiiyak na. Parang pinipigilan niya lang ang sarili niya para 'di siya tuluyang maluha. "Althea, nahihirapan na ako."

Napaiwas ako ng tingin, "Elton, ako ba hindi? Nahihirapan na rin ako." napakagat ako ng labi ko. "Elton, kung pahirapan lang ang nararamdaman baka maloka ka sa tindi ng paghihirap ko."

"Althea, naguguluhan ako."

"Elton, mas naguguluhan ako. Gulong-gulo na ako sa'yo."

Hinawakan ni Elton ang baba ko at itiningala. Kakaunting espasyo nalang ang namamagitan sa mukha naming dalawa at maglalapit na ang mga labi namin.

"Althea," muli siyang nagsalita. Titig na titig sa mata ko. 'Yung mga mata niya punong-puno ng emosyon na 'di ko mawari. Halata ang paghihirap sa mata niya. "Ilang araw akong nawala. Ilang araw ko sinubukan na umiwas. Akala ko okay na 'yun para malaman ko sa sarili ko kung ano ba talaga. Pero hindi. Sa mga araw na nawala ako ikaw lang ang naiisip ko. Kung anong ginagawa mo. Kung—"

"Elton, pleaseness, tama na." iniwas ko ang mukha ko. "Mas lalo lang akong nasasaktan sa sinasabi mo."

Mas lalo akong nasasaktan dahil kahit ano pa ang sabihin mo alam kong 'di dapat tumaas ang expectationess ko sa'yo. Alam kong kahit naguguluhan ka siya pa rin ang pipiliin mo sa bandang huli. Alam kong kahit nahihirapan ka hindi mo pa rin siya iiwan.

"Sorry," muli niyang paghingi ng tawad. Hinawakan niya ulit ang baba ko at itiningala. "Sorry kung nasasaktan na kita. Pero. . . nasasaktan na din ako."

"Mahal mo siya, 'di ba?" seryoso kong tanong.

Napatigil si Elton. Napatitig sa akin.

"Kung mahal mo siya bitawan mo ako." saad ko "Kung ako ang nasa kinatatayuan ng girlfriend mo tiyak masasaktan ako kapag nakita ko na ganito kalapit ang boyfriend ko sa ibang babae."

Pleaseness, Elton. 'Wag. 'Wag mo kong bitawan. Iparamdam mo sa akin na kahit ngayon lang mayroon akong pag-asa. Pleaseness, kahit ngayon lang sabihin mo sa akin na wala kang pakialam kahit masaktan mo ang girlfriend. Elton, nakikiusap ako. Kahit ngayon, ako naman ang isipin mo. Ako naman ang piliin mo. Ako naman ang 'wag mo saktan.

Pero ano pa nga ba ang aasahan ko? Mabilis akong binitawan ni Elton. Isa lang ang ibigsabihin 'nun. 'Yung girlfriend niya pa rin ang pinipili niya. 'Yung girlfriend pa rin niya ang ayaw niyang saktan. Kahit naguguluhan siya at nahihirapan, iyung si Lady Gaga pa rin ang pipiliin niya sa bandang huli. Mas pipiliin niyang ako ang masaktan kaysa 'yung si Poker Face.

Bahagyang napalayo sa akin si Elton at napatalikod. Ito na ang chanceness ko para makalabas ng kwarto.

Pero bago ako lumabas nag-iwan muna ako ng pamatay na quoteness.

"Friend in needs is a friend indeed." sabi ko "Goodnightness!"

Lumabas na ako pagtapos ko sabihin 'yung quoteness na 'yun. Bakit ko ba nasabi 'yun? Hindi ko rin alam. Nakalimutan ko kasi 'yung quoteness na sasabihin ko sana. Edi iyun nalang.

Naglakad na ako sa hallway habang buhat-buhat ang dalawang biik na 'di man lang nagising kahit may dramarama na sa harap nila. Mga biik na 'to ang kakapal ng balat sa sobrang manhid. Pero kers lang. 'Di ko naman kailangan ng audienceness, 'no. 10% lang naman kasi ang audiencess impactness.

Pero naguguluhan ako kay Elton. Naguguluhan daw siya at nahihirapan na rin pero girlfriend niya pa rin ang pipiliin niya. Anong tripness 'yun? Ayoko nalang isipin. Ayoko ng maguluhan dahil sapat na 'tong mga gumugulo sa isipan ko ngayon. Naguguluhan din ako kung bakit ganun siya tumingin sa akin. Parang hirap na hirap na talaga. Hirap na ata siyang buhatin 'yung pwetan at betlog niya. Mabuti nga.

Hindi ko na naman namalayan na nasa dulo na pala ako ng hagdanan kaya gumulong na naman ako pababa. Ilang ulit na naman nauntog ang ulo ko. Tumilapon pa nga si Dudang at Dudong pero 'di pa rin sila nagising. Tulog na tulog pa rin. Hilo-hilo akong tumayo at saka sila binuhat. Saka na ako dumiretso ng sarili kong kwarto para makapagpahinga.

Masyadong stressness ang araw na 'to.

Bwisit kasing Elton na 'yun.

Pero mahal ko talaga siya.

Ugh. Pero bwisit pa rin siya. Mawala sana isa niyang betlog.

~*~*~*

Kinabukasan hindi agad ako lumabas ng kwarto ko kahit ang aga ko nagising. Alam ko kasing kapag lumabas ako ng maaga makikita ko na naman ang mukha ni Elton. Mabubwisit lang ako at maalala 'yung pag-uusap namin kagabi. Kaya hanggang maaari gusto ko siya iwasan ngayon. Ayoko siyang makita. Sana bumalik nalang siya sa Bukidnon at magpakabulok 'dun. Ngayon hindi ko na siya mami-miss.

Dalawang araw nalang pala at engagement party na naming dalawa. Hindi ko alam kung matutuloy pa iyun. Kung ako lang ang masusunod 'wag na sana matuloy. Sayang lang, e. Sayang lang ang magagastos dahil hindi rin naman matutuloy ang kasalan. Sana nakakahiya rin sa mga magiging bisita ni Lolo Andres kapag nagkataon. Pero bahala si Elton mamoblema 'dun.

Alas-nwebe na ng lumabas ako ng kwarto ko at buhat-buhat si Dudang at Dudong. Siguro naman sa mga oras na 'to wala na si Elton dito sa mansion, 'di ba? Kasi may trabaho siya sa kumpanya kaya malamang kanina pa iyun umalis.

Pag dating ko sa dining area naabutan ko si Klode na kumakain. Mukhang kakagising niya lang din dahil gulo-gulo pa ang buhok niya. Ibinaba ko si Dudang at Dudong kaya tumakbo sila papunta kay Klode.

"Good morning, Dudong. Good morning, Dudang." pagbati niya sa dalawa. "Teka, bakit may bukol kayo sa noo niyo? Anong nangyari diyan?" napatingin sa akin si Klode. "Oh, Althea. Bakit may bukol ka rin sa noo? Bakit tatlo kayong may bukol?"

Napahawak ako sa noo ko at may nakapa nga akong bukol. Dahil ata ito sa pagkakauntog ko kagabi sa hagdanan. Pero bakit meron din sila Dudong? Uhm.

"Uso iyan. National Bukol Day ngayon." sagot ko. "Tignan mo si Kuya mo may bukol din. Mas malaki pa. Hindi nga lang sa noo kundi sa boxer niya." natawa ang kabayo.

"Nasaan pala sila Lolo Andres?" tanong ko. "Nasaan ang mga tao rito?"

"Nasa kumpanya. Si Klyde umalis. Si Chris iginala ni Nicca sa mall. Si Kuya El—"

"Ah, salamat." sagot ko at 'di man lang hinintay 'yung sinabi ni Klode. Wala kasi akong pakialam 'dun sa huli niyang sasabihin.

Natawa na naman si hindut, "Si Kuya Elton ayun, oh. Pababa ng hagdan." ngumuso pa siya.

"Lul. Tumigil ka. Alam kong wala siya. Pumasok na siya sa kumpanya." proudness kong sagot habang kumakain ng tinapay.

"Hahaha. Andiyan nga siya."

"Tigilan mo ko. Nakaraan sinabi mo rin na andiyan na siya pero wala pa pala."

"Ay! Ayaw maniwala, oh. Kuya, goodmorning!"

"Good morning!"

Bigla akong nanigas sa kinauupuan ko nang marinig ko ang boses ni Elton. 'Di ako makapaniwala. Akala ko pumasok na siya kaya 'di agad ako lumabas ng kwarto. Anong ginagawa ng bwisit na 'to? Tumingala ako at nakatingin siya sa akin. Ngumiti si Elton.

"Good morning," pagbati niya sa akin.

"Anong ginagawa mo rito?" tanong ko.

"Anong ginagawa ko rito?" balik niyang tanong saka umupo sa harapan ko. Katabi niya si Klode. "Bakit? Bawal ba ako rito? Bahay ko 'to, ah."

"Wang ko sa'yo." Inis kong sagot. "Hindi ka ba pumasok?"

"Obviously, hindi. Kaya nga andito ako sa harapan mo, 'di ba?" pambabara niya. "Kung pumasok ako edi sana wala ako sa harapan mo at 'di mo ko nakakausap."

"Bakit hindi ka pumasok?" muli kong tanong.

Kumuha ng pancake si Elton, "Late na ako nagising, e. Saka inuutusan ako ni Lolo. Kuhanin daw natin 'yung damit mo para sa engagement party."

"Ayoko. Kunin mo mag-isa mo." napairap ako at ngiti lang ang isinagot niya.

"Sabi niya dalawa raw tayo kumuha." Kalmado niyang sagot.

"Sabi ko kunin mo mag-isa mo."

"Bakit ang sungit mo?" napatawa si Elton. "Masungit ka ba dahil 'di mo ko nakatabi sa kama? Pwede ka naman bumalik sa kwarto ko kahit anong oras."

Punyemas. Anong meron sa Elton na 'to at ganito makipag-usap at mga sinasabi? Nakalimutan niya ba 'yung pinag-usapan namin kagabi? Nakalimutan niya bang si Demi Lovato pa rin ang pinipili niya kahit anong mangyari? Tapos ganyan siya makipag-usap?

"Ang gulo mo," sinamaan ko siya ng tingin. Si Klode napailing-iling nalang sa aming dalawa ni Elton.

"Ako, magulo? Bakit?" nagmamalinis niyang sagot. "Anong ginawa ko?"

"Basta magulo ka!!" napataas na ang boses ko. "Ang sarap mong ahitan ng pubic hair. Bwisit!"

"Pfffft!" napaimpit ng tawa si Klode pero 'di ko siya pinansin. Tutok lang ako kay Elton.

"Sorry ka. Wala kang maaahit," sagot naman ni Elton. "Naka-shave ako."

"HAHAHAHAHAHA! Kuya!" bumulalas na ng tawa si Klode.

"Hahaha." natawa rin ang bwisit na Elton. "Good morning, babies." binati ni Elton 'yung dalawang biik.

Hindi na ako nakapagtimpi at sinipa ko na si Elton mula sa ilalim ng lamesa.

"Aray! Bakit ka naninipa?" sigaw niya sakin. "Ang sakit, ah."

"Ako naninipa? Bakit nakita mo ba?" saad ko. "Wag ka nga mambintang!"

Tapos bigla ring may sumipa sa noo ko, "ARAY!" hiyaw ko. "Ba't naninipa ka?"

"Ako naninipa?" balik tanong ni Elton. "Bakit nakita mo ba? Wag ka nga mambitang!" sabi niya saka ngumis.

"Bwisit ka!" sigaw ko saka ulit siya sinipa sa ilalim ng lamesa. "Ang gulo-gulo mo!!"

"Magulo ba ko? Hayaan mo. Next time papahabain ko na para may maahit ka."

"Hahahahaha!" napatawa na naman si Klode.

Tinignan ko silang dalawa ni Elton saka inirapan. Inubos ko lang 'yung kinakain ko saka na ako nag walk-out paalis ng dining area.

"Oy! Promdi Girl, saan ka pupunta? Aalis tayo!"

"Lul. Umalis ka mag-isa mo." sigaw ko saka tuluy-tuloy na sa paglalakad.

Lumabas ako ng mansion at pumunta sa may garden. Umupo ako 'dun at nagpaaraw. Medyo mainit na sa balat 'yung araw at tiyak mangangamoy plastic na ako maya-maya lang pero okay lang.

Maya-maya lang nakita ko na si Elton na lumabas din ng mansion. May hinahanap siya sa paligid tapos bigla siyang napatingin sa garden kung nasaan ako. Ngumisi siya saka naglakad papunta sa gawi ko.

Ano na namang kailangan ng bwisit na 'to. Mambubwisit na naman ata.

"Wag kang lalapit dito kundi tatapyasin ko iyang betlog mo!" pagbabanta ko sa kanya.

Bigla siyang napahawak sa harapan niya pero dire-diretso pa rin sa paglalakad.

"Mag-uusap tayo." sabi ni Elton nang tumigil na siya sa paglalakad dahil nasa harapan ko na.

Tumayo ako, "Wala tayong pag-uusapan."

Humarang siya sa harapan ko, "Meron. Kaya 'wag kang umiwas."

"Snob ako sa personal kaya kailangan kong umiwas!" tinabig ko siya. "Tabi nga!"

Muli na naman siya akong mag wa-walk out pero mabilis niyang nahawakan ang kamay ko.

"Bitawan mo nga ako!"

"Ayoko!" sigaw niya saka ako hinila papalapit sa kanya. "Mag-uusap tayo!"

Tapos bigla niya akong binuhat. Hindi 'yung isang sakong bigas na buhat ang ginawa niya sa akin kundi bridal style na buhat. Gulong-gulo na naman ang utak ko.

"Hoy! Ibaba mo ako. Ayoko makipag-usap!!" todo piglas ako.

"Hindi pwede. Baka tumakbo ka. Kailangan natin mag-usap." Kalmado niyang sagot habang tuloy-tuloy lang sa paglalakad.

Napansin kong papunta kami sa swimming pool.

"Anong gagawin natin sa swimming pool?" kinakabahan kong tanong.

Ngumisi lang ang hinayupak na Elton sakin.

Nasa gilid na kami ng swimming pool ni Elton. Mukhang may binabalak ang bwisit na 'to.

"Hoy! Ayoko maligo. Tigilan mo iyan. Bitawan mo ko. Isa. Dalawa—"

"TATLO! HAHAHA!" sumigaw siya tapos tumalon sa may swimming pool.

Dahil buhat-buhat niya ako kaya natural kasama niya akong bumagsak sa swimming pool.

Nang bumagsak na kami sa tubig nabitawan niya na ako. Muntik na akong malunod. Mabuti nalang plastic ako kaya mabilis akong lumutang. Tinanggal ko 'yung tubig na nasa mukha ko tapos tumingin sa paligid.

"Hinayupak ka talaga Elton Alexander!!" tili ko "Nasaan kang bwisit ka at bibigwasan kita!" tumingin-tingin ako sa paligid ng swimming pool pero wala si Elton.

Nasa gitna lang ako ng swimming pool ng may maramdaman akong yumakap sa likod ko.

"Huli ka," pagsasalita ni Elton. Nakahubad na ang suot niyang sando.

"Ayoko na! Aahon na ako." pumiglas ako. "Ang lamig ng tubig."

"Sandali lang. May sasabihin ako." sagot niya habang nasa likuran ko pa rin siya at nakayakap. "Nung nakaraang gabi. Narinig ko 'yung pag-amin mo sa akin. Narinig ko iyung sinabi mo na gustong-gusto mo ako."

Bigla akong nanigas. Malamang kung 'di lang ako yakap-yakap ni Elton sa likuran nalunod na ako pailalim. Kahit malamig 'yung tubig ramdam na ramdam ko mas lalo ang panlalamig dahil sa sinabi niya. Hutaena. Narinig niya. Narinig niya 'yung pag-amin ko. Narinig niya 'yung pag-amin kong gusto ko na siya.

"Gusto ko lang sabihin na—ARAY!!" napaimpit ng sigaw si Elton nang bigla kong pisilin 'yung bayag niya. Dahil sa sobrang sakit nabitawan niya ako sa pagkakayakap para indahin niya 'yung sakit.

Hindi ko siya kayang harapin ngayon kaya mabilis akong lumangoy palayo sa kanya. Naririnig ko pa 'yung pagsigaw niya at mukhang nasaktan siya ng labis sa sobrang lakas ng pagpisil ko sa bayag niya. Buti nga. Pero kailangan ko na makaalis ngayon. Wala akong mukhang maihaharap sa kanya. Ughhhhh!

Naahon na ako sa may swimming pool nang biglang sumigaw si Elton.

"HOY PROMDI GIRL!"

Hindi ko siya pinansin. Tuloy-tuloy lang ako sa paglalakad.

"SANDALI LANG! HINTAYIN MO ANG SASABIHIN KO!"

Lakad lang ako ng lakad.

"SABI MO GUSTONG-GUSTO MO AKO KAYA MAKINIG KA SA SASABIHIN KO!" muli niyang sigaw.

Pero 'di ko pa rin siya nilingon.

Gusto ko nang makalayo pero napatigil ako sa sunod niyang sinabi. 'Yung mundo ko biglang tumigil sa pag-ikot dahil hindi ko inaasahang sasabihin niya.

"KUNG GUSTONG-GUSTO MO AKO PWES AKO GUSTONG GUSTONG GUSTONG GUSTO KITA!" malakas niyang sigaw. "Fuck. Ang lakas ng boses ko."

Gulat ko siyang nilingon. Nakita kong nakitangin pa rin sa akin si Elton habang namumula ang mukha niya. Hindi ko alam kung dala ba ng kahihiyan 'yung pamumula ng mukha niya o dahil lang sa araw.

"Anong sabi mo?" gulat ko pa rin na tanong. "Ulitin mo 'yung sinabi mo."

"Ayoko. Tama na 'yung isang beses."

"Ah okay." sagot ko saka tumalikod.

"Sandali lang!" pag pigil niya. "Gusto kita, Althea Josefa. Gustong-gusto ka ni Elton Alexander!" muli niyang pagsasalita na mas seryoso.

==========

Chapter 36

THAT PROMDI GIRLwritten by owwSIC

Chapter 36.

Hindi ko alam kung ilang oras na ang lumipas simula ng umalis kami ng mansion ni Elton. Basta ang alam ko lang sa grupo ng iyong mga kaibigan ay hindi nawawalan ng plastic—chosness! Pakiramdam ko nga magkakaugat na ako sa tagal ng byahe habang nakasakay kaming dalawa sa magara niyang sasakyan na gawa sa gagamba. 'Tulad ng sinabi niya kanina kukunin namin dalawa 'yung dress na gagamitin ko sa engagement party sa susunod na dalawang araw.

Sus, bakit kailangan pa mag engagement party? Hindi rin naman matutuloy ang kasalan. Baka mauwi lang iyun sa sakalan kapag nalaman ni Lolo Andres ang sitwasyon.

Nakabaling lang ang mga kyotness kong mga mata sa dinadaanan naming dalawa. Pilit kinakalimutan 'yung nangyaring aminan kanina habang nasa swimming pool kami. Pero kahit anong pilit ko sa sarili ko na limutin iyun hindi ko magawa. Parang biglang naging sugat ito sa puso ko na alam kong paulit-ulit na sasakit sa hinaharap. Isang uri ng sugat na 'di madaling hihilom.

Naramdaman ko na naman na tutulo ang luha ko kaya bago pa sila lumabas pinigilan ko na. Huminga ako ng malalim at pinilit ang sarili na 'wag ng umiyak. Saka, umiyak na naman ako kanina habang naliligo ako. Tama na iyun. Tama na sa pag-iyak Althea na prettyness. Magpasalamat ka nalang na at leastness gusto ka rin ni Elton tulad ng pagkagusto mo sa kanya.

'Yun nga lang may sabit. May paepal. May kontrabida. O, baka naman sarili ko ang tinutukoy ko? Ito ang problema kapag 'yung taong gusto mo 'e may nilalaman na ang puso. Hindi mo alam kung ikaw ba ang bida o kontrabida sa istorya niya. Hindi mo alam kung saan mo ilulugar ang sarili mo.

Saan ko ba dapat ilugar ang sarili ko? Sa non-biodegradable ba since plastic ako? O, sa biodegradable at hayaan kong mabulok ang nararamdaman ko para sa kanya?

Pasikreto kong sinulyapan si Elton. Tutok na tutok lang ang mga mata niya sa dinadanan ng sasakyan pero halatang malalim ang iniisip. Sa totoo lang hindi ko

magawang magalit sa kanya. Kahit ganun iyung sinabi niya kanina 'di ako nagalit. Mas lalo ko lang siyang minahal dahil sa paninindigan niya. Alam niya 'yung responsibilidad niya kay Aling Petra.

Kung ako rin ang nasa katayuan niya ganun din ang gagawin ko. Kaso 'di naman ako ang nasa katayuan niya so 'di ko iyun gagawin. Ano ako baliw? Bobita lang ako, 'no.

Habang nakatingin ako kay Elton bigla siyang napatingin sa akin. Binigyan ko siya ng maikling ngiti kasi iyun lang ang kaya kong ibigay ngayon. Pero lalo lang sumeryoso ang mukha niya. Tapos biglang nalungkot. Ganyan na ganyan iyung mukha niya kanina 'nung nasa swimming pool siya at inaming gusto niya rin ako. Ganyan na ganyan kalungkot ang mukha niya.

"Wag ka ngumiti," marahan niyang pagsasalita. Napaiwas siya ng tingin "I don't deserve your smile. Alam kong nasasaktan kita kaya 'wag kang ngumingiti. Nasasaktan lang ako para sa'yo."

"Masaya lang ako," pag amin ko "Masaya lang ako na alam kong gusto mo rin ako."

Huminga siya ng malalim, "I'm so sorry."

"Kung saan ka sasaya 'dun ako," sagot ko sa kanya "Kung sa kanya ka mas sasaya magiging masaya nalang ako para sa inyo. Sapat na sa akin 'yung nagkaroon ako ng katiting na puwang sa puso mo at nalaman kong gusto mo rin ako."

"Althea," pagtawag niya sa pangalan ko kaya biglang kumirot ang puso ko.

"Ha-ha-ha, ano ba? Ang seryoso naman natin. Tama na nga ang usapan," pag-iba ko ng usapan namin dahil alam kong maiiyak na naman ako kapag nagpatuloy pa kami "Matagal pa ba tayo bago makarating?"

"Malapit na," maikli niyang sagot. Napansin kong humigpit ang pagkakahawak ni Elton sa manibela.

"Elton," pagtawag ko sa kanya "Kailangan pa ba natin ituloy ang engagement? Hindi ba mas maganda kung sabihin natin kay Lolo A na 'wag na dahil 'di rin naman matutuloy ang kasal?"

Hindi siya agad sumagot. Mukhang pinag-iisipan niya 'yung isasagot niya.

"Hindi ko rin alam," naguguluhan niyang tugon "Hindi ko alam kung papaano sasabihin kay Lolo. Baka bigla siyang atakihin kapag binigla ko siya. Inaasahan niya na matutuloy ang kasal kaya kahit itong engagement nalang natin ang maituloy."

This time ako naman ang 'di sumagot bilang ganti. Charot.

Hindi ko lang alam ang sasabihin ko. Hindi ko alam kung papaano maipu-pushness si Elton na 'wag na rin namin ituloy ang engagement dahil wala rin naman itong saysay. Masasayang lang ang pagod namin at tiyak masasaktan si Lolo A dahil 'di naman pala matutuloy ang inaasahan niya.

Pero may parte sa utak ko na gusto pa rin ituloy. Para kahit sa ganung paraan man lang masasabi kong naging akin si Elton. Masasabi kong kahit sa araw na iyun, kahit panandalian lamang at hindi totoo, naging akin siya. Kahit sa ganung paraan masasabi kong kahit papaano natupad namin 'yung pangako namin ni Elton sa isa't isa noong mga bata pa kaming dalawa.

"Thea, kanino mo gusto magpakasal? Sa pari o sa mayor nalang?"

"Syempre sa'yo. Bakit naman ako magpapakasal sa pari o sa mayor? Minsan bobo ka rin, Ton-ton. Hahahaha. Jokeness. Pogi mo, Elton."

"Haha. I mean, sa pari sa simbahan o sa mayor lang sa city hall since nagkakasal din sila."

"Gusto ko sa simbahan. Tapos maraming tao. Tapos mahaba ang gown ko na kulay puti. Tapos maiinggit sa akin iyung mga kalaro ko kasi ang ganda-ganda ko. Ikaw, Ton-ton, saan mo gusto magpakasal?"

"Kahit saan. Basta ikaw ang katabi ko sa harap ng altar."

Napangiti nalang ako sa matamis na alaala naming dalawa ni Elton noon. Mga masasayang alaala noon na nagiging dahilan na ng kalungkutan ko ngayon. Bakit ko pa iyun kailangan maalala? Para maging maligaya ako dahil kahit papaano may masasaya kaming pinagsamahan ni Elton? O, para lalong malungkot dahil 'yung mga araw na naging akin si Elton ay matagal ng tapos sa nakaraan?

Huminto na ang sasakyan ni Elton sa tapat ng building kung saan namin kukunin iyung dress. Unang tinanggal ni Elton 'yung seatbelt niya. Lalapit sana siya sa akin para tanggalin ang seatbelt ko pero pinigilan ko siya.

"Ako na," pag presinta ko saka tinanggal ang seatbelt "Kaya ko naman mag-isa."

"Alam ko," maikli niyang sagot "Alam kong kaya mo kahit wala ako."

Napatingin ako sa kanya pero nakaiwas siya ng tingin. Parang iba ang pinangangahulugan ng sinabi niya. Parang may ibigsabihin. May hugot.

Gusto ko sanang sumagot 'Kaya ko na wala ka pero mas masaya kapag kasama kita.' Pero mas pinili ko nalang manahimik. Kasi alam kong wala rin naman siyang gagawin kahit sabihin ko 'yun. At ayoko ng guluhin ang utak niya ngayong buo na ang desisyon niya.

"Althea, sorry," muli siyang humingi ng tawad. 'Di naman ako nagbebenta ng kung ano rito sa loob ng kotse niya. "Sorry kasi wala akong magawa."

"Tama na kaka-sorry mo. Kasi ang sorry sinasabi iyan kapag may nagawa kang isang bagay na pinagsisisihan mo at nangangakong hindi na uulitin pa," napatahimik siya "Kung nag so-sorry ka dahil nasaktan mo ako, utang na loob lang, pakurot nalang sa pwetan mo—este, 'wag kana mag-sorry kasi mas lalo lang akong nasasaktan."

Nanatili siyang tahimik. Siguro naisip niyang tama ang sinasabi ng prettyness na tulad ko. Natural, wala naman akong sinasabi o maling nagagawa. Ang tangi ko lang maling nagawa ay iyung umasa ako na mamahalin niya rin ako pabalik.

"Iba nalang ang sabihin mo."

"Ano?" sabi niya saka tumingin sa akin.

"Althea, ang prettyness mo. Ang pretty-prettyness mo." pagbibiro ko.

Napatitig siya sa akin, "Althea, ang pretty mo." nanigas ako.

"Thea, ang pretty mo."

"Thea, ang pretty mo kaya paglaki talaga natin papakasalan kita!"

Napatitig ako sa kanya. Parang bigla kong nakita si Elton 'nung bata palang siya habang sinasabi sa batang ako na ang prettyness ko at gusto niya akong pakasalan. Ang pinagkaiba lang ay kung noon nakangiti siya at buong loob niyang sinasabi na papakasalan niya ako. Ngayon naman malungkot.

Nauna akong bumaba ng sasakyan ni Elton dahil biglang sumikip ang dibdib ko. Ito ang mahirap kapag nasasaktan ka, e. Hindi mo alam kung hanggang saan mo pwedeng iindahin iyung kirot at sakit na nasa dibdib mo. Hindi mo alam kung hanggang kailan mo kayang ipakita na malakas ka. Tapos isang araw bigla ka nalang manghihina. 'Yung pagkukunwari mong malakas ka biglang mawawala at iyun na ang oras na hahayaan mo nalang ang sarili mo na umiyak ng umiyak.

Pumasok na ako sa loob ng building habang nasa likuran ko si Elton. Sinalubong kami ni Lily. 'Yung magandang babae na kasing-edad ko lang na nagsukat sa amin nakaraan. Ang weirdness nga lang nakaraan dahil tuwang-tuwa siya nang makita niya ako.

Parang kilala niya ako. E, hindi ko naman siya naging ka-plastikan sa probinsya 'nun. Sayang nga 'di ko naitanong kung nagkakilala na ba kami dahil nagmamadali si Lolo A nakaraan.

"Good Afternoon, Sir Elton, Ma'am Althea," pagbati niya sa akin.

"Same to you, Lily. Kukunin na namin 'yung dress," kalmadong sagot ni Elton.

"Yes, sir," tumingin sa akin si Lily "Ma'am, isusukat po muna namin 'yung dress sa inyo."

"Bakit?" alarma kong sagot.

"Baka po kasi hindi fit." magalang niyang sagot.

Nawindang ako, "Baka hindi fit? E, bakit mo pa ako sinukatan nakaraan kung 'di ka rin sigurado kung fit ba sa akin iyan o hindi?" nalolokang kong tanong "Saka, 'di ba, bawal isukat ang dress? Kapag sinukat ko hindi na matutuloy?"

Ngumiti siya, "Sa kasalan lang 'yun, ma'am. Dress lang naman 'to at hindi wedding gown," saad niya "Saka, ma'am, pamahiin lang 'yun. Nasa tao pa rin kung buo ang loob nila para ituloy ang kasal o hahayaan nila ang sarili nila na 'di pakasalanan 'yung taong mahal nila." dagdag pa niya "Kasi po sa totoo lang, kung mahal mo talaga 'yung papakasalan mo, walang pamahiin na makakapigil sa inyo. Walang bawal-bawal o kasabihan."

"Correctness ka diyan. Ang sarap mo tuloy tusukan ng karayom sa mata," sagot ko sa kanya.

"Saka po," daming sinasabi ni Lily. "Sa dinami-rami naming naging customer na nagpasukat ng dress for engagement and wedding gown para sa wedding nila. Alam ko agad kung matutuloy ang kasal nila o hindi. Parang special power. Hehehe."

"Walang nagtatanong," pambabara ko sa kanya. "Tara na. Isukat mo na sakin 'yung dress." sabi ko saka sumunod na sa kanya papunta sa isang k'warto habang si Elton naiwan 'dun sa upuan.

Hindi ko gusto 'yung sinabi niya. Bigla akong natakot kahit alam ko namang nakikita niya sa aming dalawa ni Elton na hanggang engagement lang kami dahil hindi matutuloy ang kasal.

Isang kulay light green na dress ang ginawa ni Lily para sa akin tulad ng sinabi kong paborito kong kulay. Off-shoulderness ito na hanggang tuhod. Pencil-cut raw ang tawag sa pagkakayari sa dress. May mga maliliit na diyamante sa may dibdib na kumikinang kapag natatamaan ng ilaw. Mukha akong prinsesa habang nakatapat sa salamin. Hindi ko makilala ang sarili ko dahil bagay na bagay sa akin 'yung dress.

Mukha na talaga akong reyna ng mga suman dahil sa kulay ng dress. Pero ang ganda nito. Ang ganda rin ng tela. Halatang yari sa mamahaling tela at mga kung anu-anong design. Napaisip tuloy ako kung magkano ko mabebenta 'tong dress. Charot!

"Ma'am, ang ganda-ganda niyo sa dress. Dress palang 'yan, ah. Paano pa kaya kung wedding gown na ang isusukat niyo?" tuwang-tuwa na komento ni Lily habang nasa likuran ko "Tiyak, kapag nakita kayo ni Sir Elton hindi na kayo papakawalan 'nun. Baka madaliin niya pa 'yung kasal niyo para wala ka ng kawala sa kanya." ngumiti siya. Tuwang-tuwa siya naging resulta ng dress na ginawa niya.

Humarap ako sa kanya, "May tanong ako," paninimula ko "Sa tingin mo ba matutuloy ang kasal namin ni Elton?"

"Aba, siyempre naman, ma'am. Hindi niyo po ba nakikita kung papaano niya kayo tignan? May sparks, ma'am. May emosyon. May pagmamahal," sagot niya habang hawak 'yung hanger "Ganun na ganun po iyung tingin ni Daddy niya sa Mommy niya dati 'nung sinusukatan ko si Ma'am Cynthia ng wedding gown. Parehas sila si Sir Elton at Sir Erwan kung papaano tumingin sa inyo at kay Ma'am Cynthia. Punong-puno ng love and affection."

"Ha? Ikaw din ang nagsukat ng wedding gown ng Mama ni Elton?" gulat kong sagot "Teka, ilang taon ka na ba? Hindi ba kasing edad lang kita?"

Natawa siya, "Ay, hindi, ma'am. Kasing-edad ko na si Lolo Andres niyo." nahihiya niyang sagot.

"OH?" hindi ko makapaniwalang sagot "Teka, paano nangyari 'yun? Bakit mukha ka pa ring bata?"

Nahihiya siyang ngumiti, "Secret, ma'am. Hehe. Beauty secrets."

Pinagmasdan ko lang si Lily na ilang dekada pala ang agwat sa edad ko. Pero nakakaloka lang dahil kung tutuusin mas mukha pa talaga siyang bata sa akin. Ang ganda niya at ang kinis pa.

"Naalala ko noon," nagsalita muli si Lily "Nung bata pa si Sir Elton at pumunta sila rito kasama si Mommy niya, may dala-dala siyang picture. Picture ng batang babae."

"Batang babae?"

Tumango siya, "Yes, batang babae. Ang sabi niya sa akin 'nun 'Lily, ikaw gagawa ng wedding gown para kay Thea, ah?' then tinanong ko siya kung sino si Thea at ang isinagot niya 'Siya 'yung kababata ko sa province na palagi namin pinupuntahan ni Lolo. Siya 'yung babaeng papakasalan ko. Kaya ikaw gagawa ng wedding gown niya. Gusto ko 'yung wedding gown niya ay maganda, ah? Kahit magkano ayos lang. Mag wo-work ako ng maigi para mabigay ko ang lahat ng gusto niya.'"

"Natawa lang ako 'nun at sinabi ko sa batang Elton na sure. Ako ang gagawa. I thought, nag bibiro lang siya that time. Pero 'yung mga mata niya pursigido talaga. Parang buo na ang loob niya sa desisyon niya at kung sino ang gusto niyang

pakasalan. Hinding-hindi ko iyun malilimutan," nakangiting pag kukwento ni Lily habang inaalala ang nakaraan.

Dagdag pa niya, "Kaya last time 'nung sinukatan kita ng dress tuwang-tuwa ako. 'Nung una palang kitang makita nasabi ko na agad sa sarili ko na 'Si Thea ito. 'Yung sinasabi ni Elton 'nun.' Ang saya lang sa pakiramdam na tinupad ni Sir Elton 'yung sinabi niya dati. 'Yung papakasalan ka niya at ako ang gagawa ng dress at wedding gown mo." naluluha niyang sabi "Oh, God. Sorry. Na-carried away lang."

Napangiti ako, "Lily, salamat. Salamat kasi tinupad mo rin ang pangako mo kay Elton na ikaw ang gagawa ng dress ko," malungkot kong tugon "Pero, mukhang hanggang dito nalang 'yun. Hindi mo na ako magagawan ng wedding gown."

"Ha? Ano bang sinasabi mo, ma'am? Parang 'di niyo itutuloy ang kasal, ah?" natawa siya "Imposible naman mangyari 'yun dahil tiyak kong mahal na mahal ka ni Elton."

Hindi niya ako mahal na mahal. Gusto niya lang ako. Iba ang mahal sa gusto at sa kasamaang palad, ibang babae ang mahal niya.

"Hindi na kasi kami 'yung dating kami noong mga bata pa kami," sagot ko sa kanya saka humarap sa salamin "Ibang-iba na ang panahon ngayon. Maaaring 'yung pangako ng isang tao dati 'e sa ibang tao na niya tutuparin. Hindi natin mapipigilan ang pag-ikot ng mundo. Wala tayong ibang magagawa kundi tanggapin ang pagbabago at sumabay sa agos ng buhay."

"Haha. Imposible 'yan, ma'am. Teka, bago mo 'yan hubarin pakita mo muna kay sir elton," tapos bigla niya ako hinila papalabas ng dressing room. Hindi na ako nakatanggi sa kanya dahil gusto ko rin malaman ang reaksyon ni Elton sa suot kong 'to.

"Sir! Tignan niyo si Althea, oh. Ang ganda niya, 'di ba?" tuwang-tuwa na sabi ni Lily kay Elton na titig na titig sa isang magazine. Inilapag ni Elton 'yung magazine sa gilid niya tapos tumingin sa akin.

"Ayos, ah. Bagay." maikli niyang komento habang nakangiti pa rin. Tapos muli niyang kinuha 'yung magazine at tinitigan ito habang nakangiti pa rin.

"Di ba, ma'am? Sabi ko sa inyo matutuwa si sir Elton, e. Kita niyo nakangiti siya," bulong sakin ni Lily "Bihira ngumiti 'yang si Sir Elton, 'di ba? Pero ngayon napangiti siya nang makita ka niya."

Humarap ako kay Lily, "Magpapalit na ako."

"Oh, sige." sumunod sa akin si Lily.

Nakangiti raw si Elton nang makita niya ako na suot ang dress? Napangiti nalang ako ng malungkot. Hindi naman kasi para sa akin 'yung ngiti na 'yun kundi para 'dun sa

girlfriend niya. 'Yung magazine na tinitignan ni Elton ay katulad 'nung magazine na pinakita sa akin ni Jonas kung saan ang girlfriend niyang si Behati Prinsloo ang cover. Nakangiti si Elton dahil sa kanya at hindi nang dahil sa akin.

Aray ko bhe.

Inilagay na ni Lily 'yung dress sa box tapos binigay sa akin. Lumabas na kaming dalawa ng dressing room at nagtungo sa labas kung nasaan si Elton. Ibinalik ni Elton sa ilalim ng lamesa 'yung magazine nang makita niya akong palabas na. Tapos tumayo na siya.

"Salamat, Lily." nakangiting pagpapasalamat ni Elton.

"Naku, wala iyun, Sir Elton." sagot naman ni Lily "Masaya ako para sa inyo ni Althea dahil finally matutupad na rin ang hiling mo 'nung bata ka pa."

Kumunot ang noo ni Elton, "Pangarap? Anong pangarap?"

"Yung—"

"Elton, tara na!" pagsingit ko kaya 'di natuloy ni Lily 'yung sinasabi niya. "Lily, salamat dito sa gown." tumango at ngumiti lang si Lily sa akin.

Nauna na akong lumabas ng shop tapos nakasunod si Elton sa likuran ko. Ang hirap ng ganito. Halos lahat ng tao sa paligid namin inaasahan na kaming dalawa ni Elton ang magkakatuluyan at matutupad ang sumpaan naming dalawa 'nung maliit palang kaming dalawa.

Pero hindi nila alam sa kwentong ito ako ang tunay na kontrabida. Ako ang paepal. Hindi ako 'yung Prinsesa ng Prinsipe na gusto niyang pakasalan. Dahil sa kwentong ito ako ang nagsisilbing balakit sa kanilang dalawa. Ngayon ko tuloy pinagsisisihan kung bakit pumunta pa ako rito sa Manila. Kung nanatili lang ako sa probinsya namin edi sana maayos pa rin ang buhay ko. Hindi ako nasasaktan ng ganito.

Binuksan ni Elton 'yung likuran ng sasakyan niya para ilagay 'yung malaking box na nilalaman ng dress ko. Sunod 'nun sumakay na ako sa loob ng kotse niya.

Nang ini-startness na niya ang kotse niya nagsalita ako, "Pupunta na ba tayo sa kanya?"

Sumulyap siya sa akin, "Oo. Gusto ko ng makilala mo siya."

Napatango nalang ako nanahimik.

Habang nag babyahe kami papunta sa kanya ang daming tumatakbo sa isip ko. Ang

daming tanong. Kung anong itchura niya sa personal. Kung ganun din ba siya kaganda sa picture niya. Kung anong meron siya at kung bakit siya mahal na mahal ni Elton.

Nalaman ko rin kay Elton kanina 'nung nawala siya nitong mga nakaraang araw hindi totoong nasa Bukidnon siya. Kasama niya pala si Lady Gaga. Umuwi raw kasi ito kaya gumawa siya ng paraan para makasama siya. Nag sinungaling siya kay Lolo para lang makasama ang babaeng mahal na mahal niya.

'Dun ko rin napatunayan na mahal na mahal ni Elton si Miranda Kerr. Kaya niya kasing mag sinungaling kay Lolo A para lang makasama niya ang girlfriend niya. 'Dun palang talo na ako. Talong-talo na.

Huminto ang sasakyan ni Elton sa isang hospital.

"Bakit tayo andito?" nagtataka kong tanong.

"Naka-confine kasi siya rito," sumulyap si Elton sa akin. "Nung nawala ako ng ilang araw andito lang ako sa ospital at binabantayan siya."

"May sakit siya?"

Umiling si Elton, "Wala. Traumatized lang. Nag mentally breakdown siya 'nung nakita niya ang Dad niya." napatahimik si Elton. "You see, wala ng pamilya si Jen. Ako nalang ang meron siya. Ako nalang ang kinakapitan niya. Matagal ng wala sa tabi niya ang magulang niya dahil sa seryosong problema 'nun. 'Nung umuwi siya nakaraan dinalaw niya ang Dad niya sa bilangguan dahil matanda na raw ito at malapit na mamatay. Nakita siya ni Jen kaya siya nag mentally breakdown. Hindi niya pa kasi kayang patawarin ang daddy niya sa nangyari dati kahit nag-aagaw buhay na 'to."

Nanikip ang dibdib ko dahil nakita ko ang galit sa mukha ni Elton habang nag ku-kwento. Halatang gusto niyang iganti ang girlfriend niya sa nangyari rito noon.

Hindi na ako sumagot. Mas mabuting isipin ni Elton na wala akong alam. Ayokong malaman niya na alam ko ang history ni Selena Gomez dahil kay Jonas.

Lumabas na ng sasakyan si Elton kaya sumunod na ako sa kanya. Tahimik lang kaming naglalakad papasok sa loob ng hospital at habang nakasakay sa elevator. Maya-maya pa huminto na kami sa isang pintuan. Binuksan ito ni Elton at pumasok sa loob. Sumunod na rin ako pumasok.

Pag pasok ni Elton naglakad agad siya papunta 'dun sa magandang babaeng nakahiga sa kama. Mahimbing itong natutulog pero halatang miserable ang buhay. Ang itim din ng ilalim ng mga mata niya. Sigurado akong ilang araw na siyang puyat at binabangungot ng nakaraan.

Hinawakan ni Elton 'yung kamay 'nung girlfriend niya saka niya ito hinalikan sa noo. Kitang-kita ko 'yung awa ni Elton sa girlfriend niya. 'Yung mga mata niyang

hinihiling na sana kaya niyang kuhanin 'yung sakit o kahit kalahati man lang 'nung nararamdamang pighati ni Paris Hilton.

Habang nakatingin sa kanila biglang bumalik 'yung eksena kanina 'nung nasa swimming pool si Elton at inamin niyang gusto na rin niya ako.

"Gusto kita, Althea Josefa. Gustong-gusto ka ni Elton Alexander!" muli niyang pagsasalita na mas seryoso. Pero pansin ko na biglang lumungkot 'yung mukha ni Elton. Mukhang 'di siya masaya sa pag-amin niya sa akin. "Pero, Althea, sorry. Kahit gusto kita, hindi sapat 'yung nararamdaman kong pagkagusto ko sa'yo para lang iwanan siya. You shouldn't leave the person you love for the person you just like. Ang gusto ay panandalian lang habang 'yung pagmamahal tumatagal. Hindi ko siya pwedeng iwanan para lang sa'yo."

Habang nakatingin ako kay Elton at natutulog na sleeping beauty bigla akong napa-english.

While looking at them, I already knew to myself that in this story, I am the real villain.

==========

Chapter 37

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 37.

Natatandaan ko noong bata pa ako, may manika ako 'nun na binili ni Lolo galing sa kabilang bayan sa probinsya. Ang ganda 'nung manika kahit mumurahin lang. Ang sabi pa sa akin ni lolo na ingatan ko raw iyun dahil hindi niya alam kung kailan niya ulit ako mabibilhan ng manika dahil kulang siya sa ngipin—este hikaos kami sa pera. Todo alaga ako sa manika ko na iyun at minahal ko talaga ng bonggang-bongga. Trinato ko na para kong anak. Pinapaliguan, pinapakain, at binibihisan.

Kahit saan ako magpunta 'nun bitbit ko 'yung manika ko. Pinagmamalaki ko rin ito sa mga kalaro ko. 'Nung nakita ni Nita 'yung manika ko hiningi niya ito sa akin. Pero hindi ko ibinigay. Ang kapal naman ng panga niya kung ibibigay ko sa kanya. Umiyak siya ng umiyak 'nun tapos nawalan ng malay habang nasa kalsada kami. Nahimatay ata dahil sa labis na pag-iyak. Pinabayaan ko nalang siya at umuwi nalang ako sa bahay namin para laruin mag-isa 'yung manika.

Tapos 'nung kinagabihan nagpunta sa amin 'yung mama ni Nita. Kinausap si Lolo ko at sinabing bibilhin daw 'yung manika ko para sa anak niya. Hindi ako pumayag 'nung una at umiyak din ako ng umiyak. 'Yung manika nalang na 'yun ang kaisa-isa kong laruan tapos mawawala pa sa akin? Hindi naman tama 'yun, 'di ba? Kaya nagmatigas ako. Hindi ko ipinagbili 'yung manika ko.

'Nung nakaalis na 'yung mama ni Nita kinausap ako ni Lolo. Sinabi niyang pumayag na raw ako dahil kailangan daw ni Nita 'yung laruan. Sinabi ko kay Lolo na kailangan ko rin 'yung manika pero ang isinagot niya mas kailangan daw iyun ni Nita. May sakit daw kasi sa puso si Nita ay hindi na magtatagal ang buhay. Tanging kaligayahan nalang daw ni Nita ang nagpapahaba sa buhay niya kaya lahat ng gusto niya sinusunod ng mga magulang niya.

"Apo, marami pang bagay sa mundo na maaari mong makuha. Hindi lang 'yung manika na 'yun. Pero naiiba si Nita. Miserable ang buhay niya dahil sa sakit niya. Bilang lang ang maaari niyang makuha. Kailangan niya ng makakapitan. Nang masasandalan habang lumalaban siya sa sakit niya. Mas kailangan niya 'yung manika kaysa sa pangangailangan mo 'dun."

Iyun ang tumatak na pangaral sa akin ni Lolo 'nun. Wala na tuloy akong ibang ginawa kundi sundin siya at ibigay nalang kay Nita 'yung laruan kong katangi-tanging nagpapaligaya sa akin. Tama kasi si Lolo. Marami pang bagay sa mundo na makikita ko at magbibigay sa akin ng kaligayahan. Mahaba naman ang buhay ko at hindi ako miserable kaya marami pa akong matutuklasan sa mundo.

Hindi tulad ni Nita na bilang nalang ang nalalabing oras sa mundo dahil sa sakit niya at sa miserable niyang buhay. Mula 'nung ibinigay ko sa kanya 'yung manika naging masiyahin na si Nita. Naging palangiti. Naging masigla na parang walang sakit.

Pero pagkatapos ng isang b'wan binawiin na rin si Nita ng buhay. Hindi siya namatay dahil sa sakit niya sa puso kundi dahil nasipa siya ng alagang kabayo ng tatay niya. Ayun, dead on arrival si Nita sa ospital. May blackeye pa si gaga sa mata 'nung burol niya.

Dumalaw ako sa burol ni Nita 'nun kahit snob ako sa personal. Nakipagplastikan ako sa burol niya. Sinilip ko si Nita na walang halong panghihinayang. Kasi bago siya nawala sa mundo, naibigay ko naman sa kanya 'yung katangi-tanging manika na nagpasaya sa akin.

Naisip ko rin 'nun na hindi porket na sa'yo ang isang bagay 'e iyo na ito habang buhay. May makikilala kasi tayo sa buhay natin na mas nangangailangan sa bagay na pag-aari natin. Wala tayong ibang magawa kundi ibigay sa kanya 'yung bagay na 'yun. Hindi kasi tayo miserable tulad niya. Hindi pinaglaruan ng tadhana ang buhay. At iyung bagay nalang na iyun ang maaari niyang makakapitan.

Bigla kong naalala 'yung kababata kong si Nita sa sitwasyon ngayon ni Jessica Alba. Maaari kong maihalintulad 'yung manika ko na iyun kay Elton. Si Elton na nagpapasaya sa akin. Si Elton na nagiging dahilan ng kasiyahan ko sa mga nakalipas na araw. Si Elton na una kong nakilala at naging pag-aari dahil sa sumpaan namin noong mga bata pa kaming dalawa.

Pero katulad ng manika ko na iyun, kailangan ko ring palayain si Elton at ibigay sa iba. May mas nangangailangan kasi kay Elton. May taong may miserableng buhay at nakaraan ang nakakapit kay Elton at hindi niya ito kayang bitawan at iwanan. Si Elton lang ang karamay niya sa buhay. Si Elton nalang ang masasandalan. Si Elton

nalang ang meron siya dahil sa lupit ng tadhana sa kanya.

Kaya ngayon, paano ko kukunin si Elton sa isang taong kagaya ni Rihanna? Paano ko babawiin si Elton kung may Katy Perry naman akong masasaktan na may masalimuot na nakaraan? Paano ko kukunin kay Demi Lovato ang kaisa-isang nagpapaligaya at nagbibigay ng lakas sa kanya araw-araw ganung ito lang ang katangi-tanging meron siya na masasandalan?

Napahugot ako ng malalim na buntong hininga dahil sa mga naiisip ko.

Andito pa rin kami ni Elton sa kuwarto ni Selena Gomez habang natutulog pa rin siya. Titig na titig si Elton sa girlfriend niya habang hawak niya ang kamay nito ng mahigpit. 'Yung titig ni Elton malungkot. Parang nangangahulugan na sana kaya niyang tanggalin 'yung paghihirap ng girlfriend niya. Parang mas pipiliin niyang siya ang mahirapan kaysa itong pinakamamahal niya.

Sa totoo lang nahihirapan ako sa nakikita ko. Nahihirapan ako't nasasaktan dahil nakikita kong may ibang hawak na kamay si Elton imbis na ako. Kumikirot ang damdamin ko ganung sa ibang babae nakatitig ngayon si Elton imbis na ako ang titigan niya.

Pero, wala akong magagawa. Hindi dapat ako magreklamo dahil wala naman akong karapatan. Nilinaw naman ni Elton na hindi niya iiwan ang taong mahal niya para lang sa taong gusto niya. Gusto lang ako ni Elton pero hindi ako ang mahal niya. 'Yung mahal niya, ayan tulog. Nagmamaganda. Chos!

"Mabait siyang tao," biglang nagsalita si Elton habang nakatitig pa rin sa girlfriend niya. Hinahaplos niya ang buhok nito. Kinakapa ata kung may garapata "Isa siya sa pinakamabait na taong nakilala ko."

"Mabait din naman ako," bulong ko sa sarili ko habang nakatayo "Bobita pa."

Tumingin sa akin si Elton. Malungkot ang mga mata niya, "Alam mo bang ang dami niyang tinutulungan na mahihirap? Ang daming bahay-ampunan siyang sinusuportahan. Ang daming mga batang mahihirap na pinag-aaral." pagku-kwento ni Elton "Kahit galing siya sa isang pamilyang wasak at walang magulang na magbibigay sa kanya ng pagmamahal na kailangan niya, hindi niya nakalimutan na magbigay ng pagmamahal sa iba."

"Hindi ko tinatanong," bulong ko ulit sa sarili ko "Mamatay na nagtanong."

"Kahit may miserable siyang nakaraan," pagpapatuloy ni Elton tapos tumitig ulit kay Ellen Degeneres "Hindi ito naging hadlang para tumulong sa mga nangangailangan. Kahit na naging malupit ang tadhana sa kanya noon, mas pinili niyang bumangon para iparamdam sa ibang tao na hindi niya kaano-ano 'yung pagmamahal na 'di nila naranasan. Nakakatawa, 'di ba? 'Yung pagmamahal na binibigay niya sa iba ngayon, pinagdamot sa kanya 'nung mga magulang niya noon."

Nakikinig lang ako kay Elton sa mga sinasabi niya habang tinatanggal ko 'yung dumi sa kuko ko.

"Ngayon, Althea. Sabihin mo sa akin. Paano ko iiwan si Jen para sa'yo? Paano ko siya tatalikuran at iiwan kung higit sa ating dalawa, si Jen ang mas nangangailangan ng pagmamahal at ng taong masasandalan," napatingin sa akin si Elton. Seryoso ang mukha niya.

"Hindi ko naman sinabing iwanan mo siya, Elton." sagot ko sa kanya "Hindi ba, ibinigay ko na nga ang basbas ko sa inyong dalawa?"

"Baka kasi iniisip mo na nagiging unfair ako," saad niya "Gusto ko lang liwanagin sa'yo ang lahat. Na kahit gusto kita, hanggang 'dun nalang 'yun. Hindi ka maaring mag expect sa akin dahil nakapangako na 'tong puso ko para sa kanya. Na kahit gusto kita, hindi ko siya iiwan. Wala na siyang magulang, Althea."

"Wala rin naman na akong mga magulang," malungkot kong sagot.

"Pero may lolo ka pa. May lolo ka pa sa probinsya niyo," mabilis niyang tugon "Pero si Jen, wala na. Wala ng natitira sa kanya."

Napatigil ako sa sinabi ni Elton. May lolo pa raw ako sa probinsya namin? Ah, tama. Hindi niya nga pala alam na namatay na si Lolo ko bago pa ako pumunta rito sa manila.

Ngumiti ako, "Tama. May lolo pa ako. May natitira pa sa akin," sagot ko "Hindi tulad ng girlfriend mo na ikaw nalang ang meron siya. Hindi dapat kita kunin sa kanya."

Muling binaling ni Elton 'yung tingin niya sa girlfriend niya, "Mahal na mahal ko siya, Althea. Kaya hindi ko mapapatawad ang sarili ko kapag nasaktan ko siya."

Biglang kumirot 'yung puso ko. Hindi dahil sa sinabi ni Elton. Kundi sa kung papaano siya tumingin sa girlfriend niya. Punong-puno ng pagmamahal 'yung tingin niya. Ganun 'yung klase ng tingin ni Elton sa akin noong ipinangako niya sa akin na magpapakasal kami dati. Nakakatawa lang dahil ibang babae na 'yung binibigyan niya ng ganung klaseng tingin at hindi na ako.

"Mauuna na ako sa sasakyan," pagsasalita ko saka tumalikod at lumabas na ng k'warto ni Kendal Jenner sa ospital. Hindi ko na hinintay 'yung sagot ni Elton.

Nang makalabas ako ng k'warto ni Kylie Jenner napahinto ako at napatingin sa likuran ko. Akala ko susundan ako ni Elton pero hindi. Natawa ako at nalungkot para sa sarili ko. Bakit ko ba inisip na hahabulin niya ako? E, maliwanag pa sa b'wan niyang sinabi na 'di niya iiwan 'yung taong mahal niya para sa taong gusto niya lang.

Lumabas na ako sa ospital at naglakad na papunta sa parking lot kung nasaan ang kotse ni Elton. Bubuksan ko na sana 'yung kotse niya pero naka-lock ito.

"Ang tanga mo, Althea." sermon ko sa sarili ko "Ang tanga-tanga mo."

Hindi ko alam kung bakit ko nasabing tanga ako. Tanga ba ako dahil hindi ko hiningi ang susi ng sasakyan ni Elton o ang tanga ko dahil nagkagusto ako sa lalaking may iba ng mahal?

Napaupo nalang ako sa gilid ng sasakyan ni Elton. May nakita akong lata na nakatumba kaya itinayo ko ito at nilaro-laro para hindi ma-boring habang hinihintay sa Elton. Nasa ganung posisyon ako nang mapatingin ako sa kalangitan na unti-unti nang dumidilim.

Mukha akong kawawa habang nasa parking lot. Iniisip na kung hindi ako umalis ng probinsya noon hindi ako masasaktan at mahihirapan nang ganito. Hindi magiging kumplikado ang buhay ko. Noon, kuntento naman na ako sa buhay ko. Kuntento na akong snob sa personal at nakikipagplastikan sa mga kapitbahay ko. Ngayon, ibang-iba na. Naranasan ko nang magmahal at masaktan dahil sa lalaking 'di kayang suklian ang nararamdaman ko para sa kanya.

Pero hindi pa rin ako nagsisising pumunta ako rito sa manila at mapunta sa mansion ng mga falcon. Hindi ko pinagsisisihang muli kong nakita si Ton-Ton kahit ilang taon na ang lumipas at nakalimutan na niya ako. Ganun talaga, 'e. Kailangan nalang nating tanggapin na 'yung taong nakilala natin 'e sumabay sa pagbabago ng mundo. Na hindi na siya 'yung eksaktong nakilala natin noon. Na 'yung pangako niya sa'yo noon, maaaring sa ibang tao na niya tuparin.

Ganun talaga ang buhay ng isang tao. May saya at lungkot na mararanasan. Pero hindi dapat tayong mabahala. Dahil kahit may umaalis sa buhay natin, tiyak naman na may bagong darating...para muli tayong saktan, paasahin, at iwanan.

Ang lalim na naman ng mga naiisip ko kaya hindi ko na namalayan na nakatulog na pala ako sa parking lot kakahintay kay Elton. Nagising nalang ako nang may maramdaman akong tumatapik sa balikat ko.

Pagmulat ko nang mga mata ko napansin kong nakahiga na ako sa parking lot. Ginawa ko pang unan ang braso ko habang nakasalampak sa malamig na semento. Ang dilim na rin ng paligid. Hindi ko na namalayan na gabi na dahil nakatulog pala ako.

"Anong ginagawa mo diyan? Ba't natutulog ka diyan?"

Bigla akong napatingala nang mapansin ko si Elton na nakatayo sa harap ko.

Hindi ko siya agad nasagot dahil napatingin ako sa may lata na nilalaro ko kanina. May laman na itong mga barya na 'di ko alam kung saan nanggaling. Wala naman ito kanina.

"Hala, Elton. Tignan mo 'tong lata. May barya na." pinakita ko sa kanya 'yung lata.

Naningkit 'yung mga mata ni Elton, "Nanlimos ka?" nainis niyang tanong "I can't believe this. Nanghingi ka ng limos?"

Tumayo ako at pinagpag ang likuran ko, "Oo. Nanlimos ako," seryoso kong sagot "Dun naman ako magaling, 'di ba? Ang manglimos ng barya. Manglimos ng pagmamahal. Manglimos ng atensyon." napatigil si Elton kaya tinignan ko siya "Charot lang! Masyado ka namang seriousness!"

Napailing-iling nalang siya saka binuksan niya ang sasakyan niya. Mabilis akong sumakay. Tahimik lang kaming dalawa ni Elton habang nag babyahe pauwi. Walang nagsasalita. Habang ako naman nakatingin lang sa bintana at pinagmamasdan 'yung mga dinadaanan naming dalawa.

"Nagugutom ka ba?" pagsasalita ni Elton "Gusto mo ba dumaan muna tayo sa restaurant para kumain?"

Umiling ako, "Hindi na. Hindi ako nagugutom."

"E, anong gusto mo?"

Sinulyapan ko si Elton, "Ang mahalin mo ako."

"Althea naman," malungkot niyang pagbigkas ng pangalan ko.

Natawa ako, "Jokeness lang! Gusto ko nalang umuwe at magpahinga."

"Sorry kung ang tagal ko sa k'warto ni Jen," sagot niya "Nung susundan sana kita sa paglabas mo bigla siyang nagising. Hindi ko siya maiwanan."

Tinignan ko si Elton, "Ayos lang." ngumiti ako "Alam ko namang 'di mo talaga siya kayang iwan para sa akin kaya hindi na ako umasa na susundan mo ako palabas." saad ko "Kumusta na pala siya?"

"Okay na siya. Bukas lalabas na raw siya."

Tumango ako, "Mabuti naman. Dapat paglabas niya igala mo siya. Maglaan ka ng oras para sa kanya. Iparamdam mo sa kanya na mahal na mahal mo siya. Ang swerte niya dahil may katulad mong mahal na mahal siya."

"Mas maswerte ako sa kanya," sagot niya na 'di man lang ako tinitignan.

Bigla akong napahawak sa dibdib ko dahil bigla itong kumirot. Ang sakit. Ang sakit-sakit.

Napasulyap nalang ako sa may bintana at biglang napaisip.

Ako kaya? Kailan kaya ako makakakilala ng isang taong magsasabing maswerte siya dahil sa akin?

"Elton, may gusto pala ako."

"Ano?"

Muli ko siyang binalingan ng tingin, "Ang mag move-on."

"Ikaw ang bahala. Mas maganda nga 'yan."

Napatitig ako sa kanya pero 'di niya ako tinignan. Nakatuon lang ang pansin niya sa dinadaanan namin.

Napaiwas nalang ako ng tingin at muling napakapakit sa dibdib ko. Nanikip ang dibdib ko.

Pisting yawang Elton na 'to. Hindi man lang ako pinigilan.

"Hahahahahaha!" napatawa ako ng malakas.

"Anong tinatawa-tawa mo diyan?"

"Wala lang. Gusto ko lang tumawa."

Wala lang. Masyado lang kasi akong kawawa.

Idinaan ko nalang sa pekeng tawa 'yung mga luhang magsisilabasan sana.

Ayoko na umiyak. Nakakapagod ng umiyak nang dahil sa parehas na rason at parehas na tao.

Nang makauwe kami ni Elton nang mansion agad-agad akong dumiretso sa kwarto ko at nagkulong. Si Dudang at Dudong kinuha ni Elton 'nung makasalubong namin 'yung dalawang biik. Sa kwarto niya raw 'yung mga biik matutulog. Agad na akong pumayag dahil wala akong lakas makipagtalo sa kanya para sa kostodiya ng mga anak namin. Masyadong nang bubog sarado ang utak ko sa nangyari buong hapon.

Hindi rin ako kumain. Wal kasi akong gana. Hindi pagkain ang kailangan ko ngayon kundi pagmamahal ni Elton. Pero nakakalungkot lang dahil kahit magmakaawa ako sa kanya hindi niya ito maibibigay.

Nyetang buhay 'to. Ba't naging madrama ba ang istorya ng buhay ko? Ayoko ng ganito. Ramdam ko na malapit na akong magbigti. Kaunting-kaunting paghihirap nalang talaga.

Nakahiga ako sa kama at nagpapaantok pero 'di ko naman magawang makatulog. Bigla ko tuloy naisip na ang pagmamahal ay parang pagtulog. Minsan sapilitan, minsan nakakabitin, minsan kulang, minsan kahit anong pilit mo hindi mo talaga makuha, at kadalasan wala ka pa nito. Ang nakakainis pa sa lahat ay 'yung pinapakielaman ng ibang tao ang pagtulog mo.

Pero hindi dapat ako mabahala. Dahil kahit nahihirapan akong makuha ang pagtulog ko, alam kong darating din ang nararapat na pagtulog na naaangkop para sa akin. Katulad ngayon, sa 'di inaasahan na pagkakataon, bigla na akong nakatulog.

Goodnightness.Zzzzzzzzzzz

==========

Chapter 38

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 38.

Maaga akong nagising kinabukasan dahil sa gutom na naramdaman ko. Naalala kong hindi nga pala ako kumain ng hapunan kagabi dahil pagkauwe namin ng mansion ni Elton 'e dumiretso na agad ako sa sarili kong kuwarto para mag emote at magmaganda. Alam niyo naman ang mga katulad ko 'e kailangan din ng alone time para sa sarili. Kailangan purihin ang sarili sa pagiging sobrang plastic ng taon.

Kaya ngayong umaga tuloy nagwawala na ang mga bulate ko sa tiyan. Gusto na nila kainin 'yung sarili kong bituka pero 'di nila magawa. Ayaw nila raw nila. Paano nila makakain ang bituka ko kung gawa ito sa plastic? Choosy muchness!

Nakakaloka talagang umaga 'to. Gutom na nga ang tiyan ko pero mas gutom naman ang puso ko. Gutom sa pagmamahal ni Elton bhe. Pero kahit umiyak pa ako ng dugo hinding-hindi ako mapapakain ng pagmamahal ni Elton. Ibang babae kasi ang pinapakain niya. Ibang babae ang kumakain sa kanya.

Edi sila na. Sila ng dalawa. Silang dalawa na ang magkainan. Kaya ko ang sarili ko.

Kaya ko magsarili.

Ayoko nga sanang lumabas agad ng kwarto ko dahil ayokong makita ang pagmumukha ni Elton. Kahit guwapo pa siya saka macho saka matambok ang pwetan at malambot ang labi, ayoko talaga siyang makita. Sa tuwing nakikita ko kasi siya sumasampal sa mukha kong prettyness ang katotohanang hinding-hindi ko siya makukuha kahit kailan.

Ang sad talaga. Ang very very very sad talaga.

Pagdating ko sa dining area, sumilip muna ako kung andun na si Elton. Luckilyness, wala pa 'yung lalaking nagsabi sa akin na 'gusto kita pero 'di ko siya pwedeng iwanan para lang sa'yo.' Si Lolo A palang ang andun na umiinom ng kape't at may sinusulat na 'di ko alam kung ano.

Aba, kita mo nga naman, ano. Kaya pa rin magsulat ng matanda. Malinaw pa rin pala ang mga mata niya? Sabagay, ang pagmamahal lang naman ni Elton sa akin ang malabo, e. Hashtag hugot. Hashtag ang ganda ko. Hashtag bobita ang bida. Hashtag walang lovelife si Althea Josefa.

Napaisip naman ako kung ano 'yung sinusulat ni Lolo A. Last testament niya kaya 'yan? Made-deads na si Lolo A? Nakakuha na siya ng schedule kay kamatayan? Kung may schedule na siya. Kailan kaya?

Habang nakatitig ako kay Lolo A at hinuhulaan kung kailan siya madi-deads, bigla siyang napatingin sa gawi ko saka ngumiti. Bakit siya ngumiti? Aba, sino bang hindi mapapangiti ngayong umaga kung ganitong kagandang mukha ko ang makikita mo. Simula palang ng umaga 'e kumpleto na agad ang araw mo. Hashtag makapal ang mukha ng bida. Hashtag ang kapal ng panga ni Althea.

"Anong ginagawa mo, apo? Ba't nakasilip ka diyan?" nakangiti tanong ng matanda sa akin "Tara na rito at mag-almusal ka na."

Lumakad na ako papunta sa lamesa't umupo sa harapan ni Lolo. Agad naman akong kumuha ng sinangag, tatlong pritong itlog, at limang hotdog. Mukhang nagulat si Lolo A sa pagkaing kinuha ko dahil nagmukha akong timawa sa harapan niya pero 'di ko siya pinansin. Sige lang ako sa pagkain at pagsubo. Hindi ko na nginunguya 'yung kinakain ko. Diretso lunok. Gutom na gutom kasi ako.

Gutom na gutom sa pagmamahal ni Elton.

Charot.

"Apo, dahan-dahan. Hindi ka mauubusan," natawa si Lolo A "Mukhang gutom na gutom ka, ah."

Napatigil ako sa pag nguya, "Hehe. Masarap lang 'tong ulam, Lolo. Lalo na 'tong hotdog," turo ko sa hotdog na nasa harapan ko. "Pero tiyak mas masarap ang hotdog

ni Elton."

Nanlaki ang mata niya, "Ano kamo?" gulantang niyang tanong "Na—natikman mo na hotdog ni Elton?"

"Ano—Lolo," nautal ako dahil bigla kong naisip 'yung sinabi ko "Ang sabi ko, mas masarap siguro 'tong hotdog kung si Elton ang nagluto."

Napatango-tango si Lolo A, "Ahhhh. Namali kasi ako ng dinig. Tumatanda na talaga ako," ngumiti si Lolo "Ang tagala naman magising ni Elton. May sasabihin ako sa inyong dalawa, e."

"Ano po 'yun, Lolo?"

"Sasabihin ko nalang kapag andito na siya. Para sabay niyong marinig."

"Whateverness!" napairap ako saka nagpatuloy sa pagkain.

Nanahimik kaming dalawa ni Lolo ng ilang segundo tapos bigla siyang nagsalita habang nakatingin sa likuran ko. Parang may gwapong nilalang siyang nakitang naglalakad papunta sa kinaroroonan namin. Parang isang guwapong nilalang na mamahalin ako ng buong-buo habang buhay. Isang gwapong—

"Oh, ayan na pala si Elton," muling pagsasalita ng matanda "Elton, bilisan mo."

Punyemas. Hindi pala isang guwapong nilalang ang paparating kundi isang lalaking guwapo nga pero paasa naman. Isang guwapong lalaki ang parating at babanatan ka ng 'gusto kita pero 'di ko siya pwedeng iwanan para lang sa'yo.' Utang na loob lang, pleaseness. Ang aga-aga palang sira na agad ang araw ko. Nangangati tuloy ang kamay ko na manampal at manghalik ng isang Elton Alexander.

Napatingin ako sa likuran ko at nakita ko si Elton na nakaayos na papuntang kumpanya. Ang gwapo-gwapo na naman ng walangya ngayon. Sabagay, kailan ba kasi siya pumangit? E, kahit anong suot naman niya ang gwapo niya pa rin.

Pero sigurado akong mas ga-gwapo siya kapag wala siyang suot na damit. 'Yung hubu't hubad siya at nakalantad ang matambok niyang pwetan. Katulad nalang noong pumasok ako sa kwarto niya't naabutan ko siyang nakahubad. Gwapong-gwapo ako sa kanya nang mga oras na iyun.

Uhm, kailan kaya mauulit 'yung pangyayari na 'yun.

"Laway mo na naman tumutulo," pagsasalita ni Elton. Hindi ko na napansin na nakaupo na siya sa tabi ko dahil sa pagkakatitig ko sa kanya. Ang bango ni Elton. Hayan na naman 'yung nakakaadik niyang amoy.

"Ang sarap lang nitong kinakain ko kaya tumulo laway ko," sagot ko saka napahawak sa gilid ng bibig ko. May laway ngang tumulo. Agad ko itong pinunasan. "Baka isipin mo na naman na tumulo laway ko dahil sa'yo. 'Wag kang umasa, please. Masasaktan ka lang kapag umasa ka."

"Hahahaha," biglang sumingit ng pagtawa ang matanda "Laughtrip dizz talaga kayong dalawa. Naalala ko tuloy 'nung nabubuhay pa si Lola niyo. Ganyan na ganyan din kami sa inyong dalawa."

"Ganitong-ganito rin po?" tugon ko "Sinabihan niyo rin po si Lola na gusto niyo siya pero 'di niyo siya kayang piliin kasi may iba kayong mahal?"

Narinig kong biglang nabuga ni Elton 'yung iniinom niyang kape pero 'di ko siya pinansin. Ayoko siyang tignan baka kasi isipin niya na may pagtingin ako sa kanya, 'no. Nakatuon lang ang pansin ko kay Lolo A na naguguluhan dahil sa sinabi ko. Itong matanda na 'to ang slowness masyado.

"Ha? Hindi, apo. 'Wala akong sinabing ganyan sa kanya," sagot ni Lolo A "Ang sinasabi ko 'e ganyan kami ni Antonina sa inyong dalawa ni Elton noon. 'Yung palaging nagbabangayan pero deep inside mahal na mahal ang isa't isa." dagdag pa niya "Saka, sinabi ba ni Elton sa'yo na gusto ka niya pero may iba siyang mahal?" naging seryoso ang mukha ni Lolo tapos tumingin kay Elton.

Kitang-kita kong kinabahan ang pagmumukha ni Elton. Mukha siyang natatae at 'di alam ang gagawin. Siyempre, dahil atribida ako't sabatera, ako na ang sumagot.

"Naku, Lolo, hindi po," ngumiti ako saka tumingin kay Elton "Mahal na mahal po ako ni Elton. 'Di ba, Elton, mahal na mahal mo ako at hinding-hindi mo ako sasaktan?"

Napatitig sa akin si Elton panandalian saka napatango, "Yeah," maikli niyang sagot saka umiwas ng tingin. Parang gusto kong biglang umisplit at bumending sa lamesa ngayon dahil inamin niyang mahal niya ako. Pero huwag nalang. Naalala ko kasing kasinungalingan lang 'yun.

"Halata naman na mahal na mahal ka ni Elton, e." tugon ni Lolo A na may matamis na ngiti "Kagabi, noong napadaan ako sa kuwarto ni Elton naririnig ko siyang nagsasabi ng I love you. Kayong dalawa talaga, ilang metro lang ang layo niyo sa isa't isa nag-uusap pa kayo sa telepono." natawa si Lolo A.

Kumirot na naman ang puso ko dahil sa sinabi ni Lolo. Pero hindi ko iyun pinahalata. Insteadness, ngumiti lang ako sa kanya saka tumango-tango.

"Hehehe. Sweetness lang po talaga si Elton," muli akong tumingin kay Elton na nananahimik "Di ba, Elton bhe, ang sweetness mo sa girlfriend mo? Mahal na mahal mo kasi."

Tumingin sa akin si Elton nang seryoso pero hindi sumagot. Uminom lang siya ng kape

niya. Sarap buhusan ng kape ng bwisit na 'to. Masyadong snob. Kinakausap ng snob na tulad ko pero 'di nasagot. Bakit, ano ba ang posisyon niya sa snob clan? Ako kaya founder 'nun!

"Anyway," umayos nang pagkakaupo si Lolo A "May kailangan pala akong sabihin sa inyong dalawa."

Tumingin kami kay Lolo Andres ni Elton.

"Hindi matutuloy 'yung engagement party bukas," seryoso niyang pag-anunsyo.

Bigla kaming nagkatinginang dalawa ni Elton at sabay nagulat. Tapos, muli kaming tumingin kay Lolo A.

"Bakit?"

"Why?"

Sabay naming sagot ni Elton. Hindi namin mapagkatkpan ang gulat sa mukha naming dalawa. Kainis. English sinagot ni Elton. Dapat pala why nalang din sinabi ko para parehas kami. Para kunwari meant to be kaming dalawa kahit alam ko namang meant to be alone ako forever.

Napatitig sa amin si Lolo A tapos biglang tumawa ng tumawa. Akala mo naman may nakakatawang biro na narinig kaya bigla siyang humagalpak ng tawa. Hindi siya nakakatawa. Sarap niyang basagan ng plato sa noo sa totoo lang. Pinigilan ko lang ang sarili ko. Kalma lang, Althea.

"Hahahahaha," more tawa more fun ang matanda "Laughtrip dizz ang reaction niyong dalawa. Mukhang halatang atat na atat na kayong ma-engage, ah."

"Ano ba, Lo? That's not laughable." Inis na tugon ni Elton. "Bakit hindi matutuloy?"

"Chill lang, apo." natatawa pa rin si Lolo A "Imo-move lang natin next week."

"Buti pa ang engagement party na-move. Samantalang ako 'di pa nakaka-move on," napatingin sakin 'yung dalawa "Ay—sabi ko po, bakit imo-move?" pagtatanong ko.

"Aalis ako ngayon. Pupunta ako 'dun sa lugar na sinabing may nakakita kay Erwin," saad ni Lolo A "Hindi ko pwedeng palampasin 'tong impormasyon na 'to. Atat na atat na akong makita si Erwin at sa awa ng Diyos sana makita na natin siya. Para sa engagement niyo next week 'e andito siya."

"That's okay with me," pagmumura ni Elton. "Hindi naman ako excited sa engagement."

"Okay lang po, Lolo." sagot ko "Kung gusto niyo pa nga po 'wag na ituloy. Magsasayang lang kayo ng pera dahil wala namang kasalanang magaganap." bulong ko sa sarili ko pero narinig naman ni Elton. "Anong tinitingin-tingin mo diyan? Nagagandahan ka sakin, 'no?" pagmamaldita ko sa kanya.

Napaikot ng mata si Elton bhe, "Huwag kang umasa."

"Palagi naman akong umaasa sa'yo," sagot ko "Kahit ang sakit-sakit na."

Umiling-iling nalang si Elton. Wala siguro siyang ma-sayness sa mga hugot ko. Palibhasa wala siyang alam na hugot. Puro baon lang ang alam niyang gawin. Tse.

"Elton, here's the paper. Napirmahan ko na itong mga 'to," inabot ni Lolo A "Ikaw na bahala sa kumpanya habang wala pa ako."

"Sure," kinuha ni Elton 'yung papeles.

"Sakin ba, Lolo, wala kayong ihahabilin?" tanong ko kay Lolo.

Natawa siya, "Si Elton ang ihahabilin ko sa'yo."

Napairap ako sa sarili ko. "Punyeta. Ba't sa akin niya ihahabilin 'yan. Hindi naman ako si Aling Petra."

Tumayo na si Lolo A pero bago pa siya tuluyang umalis nagsalita pa siya.

"Althea, apo," napatingin ako sa kanya "Apat na araw nalang pala 'e kaarawan mo na. Anong gusto mo? Gusto mo na rin ba ng sariling sasakyan? Pwede kang turuan ni Elton sa pagmamaneho."

"Ayoko po ng sasakyan," pagtanggi ko.

"E, anong gusto mo?" muling tanong ni Lolo.

"Gusto po si Elton." sabi ko tapos tumingin kay Elton "Hehehe. Elton, gusto kita."

Biglang napairap si Elton pero nakita ko namang napangiti 'yung labi niya.

"Haha. Pero apo, pag-aari mo na si Elton, e." tugon ni Lolo. "Wala ka bang gusto bukod kay Elton?"

"Uhm," napaisip ako "Gusto ko po ng bike."

"Bike?" tumango ako. Tumingin si Lolo A kay Elton "Narinig mo 'yun, Elton? Gusto ni Althea ng bike. Sabay niyong bilhin 'yun. And date her. Understand?"

"Naku, Lolo, hindi na po kailangan ng date. Busy po si Elton," pagtanggi ko. Papaano niya ako madi-date kung busy siya kay Miley Cyrus. "Kahit bike nalang po."

"Hindi ako busy," sagot naman ni Elton. "Bibilhin natin 'yung bike mo at idi-date kita sa birthday mo."

Napangiti si Lolo A, "That's right. Walang salitang busy sa taong ikaw ang priority." saad ni Lolo A "Gusto ko sanang magpa-party dito sa mansion kaso alam ko namang ayaw ni Althea ng mga ganun. Kaya ikaw na bahala sa kanya, Elton. Dalhin mo siya sa romantic place."

Pagtapos sabihin ni Lolo A 'yung mga bilin niya kay Elton, tinapik niya ito sa balikat at umakyat na siya sa hagdanan. Mukhang mag-aayos na ang matanda para sa pagbyahe niya ngayon. Hindi talaga siya napapagod sa paghahanap kay Erwin. Sabagay, paano ka mapapagod kung mahal mo naman 'yung dahilan ng pagod mo, 'di ba? Walang salitang pagod kapag mahal mo ang involve.

Nanahimik kaming dalawa ni Elton nang kami nalang ang matira sa dining area. Patuloy lang siyang umiinom ng kape niya samantalang ako naman nawalan na ng gana sa kinakain ko. Parang iba na ang gusto kong kainin ngayon. Matanong nga si Elton kung pwede niya akong pakainin.

"Elton," pagtatawag ko sa kanya.

Napatingin si Elton sa akin saka niya ibinaba sa lamesa 'yung tasang hawak niya, "Uhm?"

"Mukhang pati 'yung tadhana, hindi pabor sa engagement, 'no?" natawa ako "Nakapag-desisyon na tuloy ako. Kailangan ko na gawin 'to."

Naging seryoso ang mukha ni Elton, "Anong napagdesisyonan mo?"

"Na mag move-on nalang sa'yo. Wala naman din kasi akong mapapala sa pagkagusto ko sa'yo, 'di ba? Hindi mo kayang suklian ang feelings ko kasi may iba ka ng mahal. Ayaw ko rin naman maghiwalay kayo ni Jennifer Lopez nang dahila lang sa akin," sagot ko na 'di man lang siya tinitignan. "Kagabi, nananaginip ako. Ako raw ang girlfriend mo tapos bigla mo akong iniwan dahil sa isang babae. Iyak ako ng iyak sa panaginip ko. Ang sakit-sakit kasi. Sa pag gising ko, bigla kong naisip na paano kung ako ang nasa katayuan ng girlfriend mo? Tiyak, masasaktan ako kapag iniwan mo ako para sa ibang babae."

Hindi sumagot si Elton. Nakatingin lang siya sa tasa niya. Parang ang lalim ng

iniisip.

"Naisip ko na hindi nga tamang iwanan mo siya para sa akin. Mas lalo tuloy lumalim ang pagkagusto ko sa'yo dahil sa paninindigan mo. Sana lahat ng lalaki katulad mo. 'Yung hindi nang-iiwan ng babaeng mahal niya para lamang sa babaeng gusto niya," saad ko ulit.

"Tama," tumingin sa akin si Elton tapos matipid na ngumiti. "Mag move-on ka nalang."

"May huling request lang sana ako sa'yo,"

"Ano 'yun?"

"Nahihiya akong sabihin," pag-iinarte ko. "Nahihiya talaga ako, e."

Natawa si Elton, "Ano nga?"

"I-kiss mo ako. Goodbye kiss ba? Hehehe."

Kumunot ang noo niya, "Seryoso ka diyan?"

Sinuntok ko siya sa braso niya, "Jokeness lang! Nakunot naman agad ang noo mo," sabi ko "Gusto ko lang i-request na sana, bumalik nalang tayo sa dati."

"Papaanong dati ba?"

"Yung fan kita tapos idol mo ako," gulat siyang napatingin sa akin, "O, bakit hindi ba?"

"Kailan mo ako naging fan, aber?" seryoso niyang tanong.

"Dati. 'Nung una kong pumunta rito sa mansion," natawa ako "Tandang-tanda ko pa 'nun na ang gaspang ng pakikitungo mo sa akin. Parang bawat ginagawa ko kinaiinis mo."

Napangiti si Elton, "Paanong 'di ako maiinis kung puro kabobohan lang ginagawa mo noon?"

"E, ngayon? Hindi na ba?"

Natawa siya, "Kabobohan pa rin. Pero 'di na ako naiinis," bigla siyang natahimik "Pero, mas maganda ngang bumalik nalang tayo sa ganun. Para walang ilangan."

"Tama ka diyan," ngumiti ako "So, friends with benefits and scholarships na tayo?"

Natawa na naman ang Elton bhe, "Haha. Baliw ka talaga," inabot niya ang kamay niya "Sige, friends." sabi niya saka nakangiti. 'Yung ngiting totoo at walang halong kaplastikan.

Inabot ko rin ang kamay niya tapos nakipag-shake hands, "Sige. Friends."

Ilang segundo kaming nag shake hands ni Elton tapos ako na rin ang bumitiw.

Siguro ito na ang mas magandang gawin. Ang kalimutan nalang ang lahat. Ibaon sa kaibuturan ng puso ko 'tong mga feelings ko kay Elton. Oo, mahirap. Mahirap mag move-on. Pero ito lang ang tangi kong pagpipilian dahil wala naman akong aasahan kay Elton. Hindi ko pwedeng ipagdasal na sana maghiwalay silang dalawa ni Kylie Jenner para lang makuha ko si Elton. Mali 'yun. Hindi ko dapat guluhin 'yung dalawang nagmamahalan dahil lamang wala akong ka-forever.

Siguro hindi talaga si Elton 'yung nararapat na lalaki sa akin. Okay lang naman. Marami namang ibang lalaki diyan. Katulad nalang ng lalaki na 'yan na paparating. Ang gwapo-gwapo. Papunta siya sa gawi namin ni Elton habang ngiting-ngiti. May dala siyang bulaklak habang nakatingin sa akin.

"Yow! Good Morning sa inyo!" pagbati niya sa amin.

Napalingon si Elton sa kanya tapos kumunot ang noo niya, "Anong ginagawa mo dito sa mansion ko na ganito kaaga?" inis na tanong ni Elton. "Saka, hindi ba dapat nasa kumpanya ka?"

"Day off ngayon, pre." natawa si Jonas saka tumingin sa akin "Andito ako sa mansion para manligaw. Althea, flowers for you. Ako namili ng bulaklak na 'yan."

Inabot sa akin ni Jonas 'yung bulaklak habang nakatayo siya sa likuran ko, "Talaga? Para sa akin 'to baby suman—este, Jonas?"

Tumango si Jonas, "Yup!"

"Sus, pampatay." bulong ni Elton. "Patay lang ang binibigyan ng bulaklak."

Sinuntok ko sa tagiliran si Elton, "May sinasabi ka ba diyan, friend?"

Naningkit ang mata ni Elton habang naka ngiti siyang pilit, "Wala naman, friend."

"Mabuti naman,"napairap ako tapos tumingin kay Jonas, "Salamat sa bulaklak, Jonas.

Gusto mo ba akong i-date ngayong araw?"

"The fuck, Althea?" napataas boses ni Elton kaya napatingin kami ni Jonas sa kanya "Seryoso ka diyan? Kita mong andito pa si Lolo sa mansion? Paano kung makita ka niya na aalis kasama si Jonas? Ano nalang iisipin 'nun!"

"Edi, hihintayin nalang namin siyang makaalis bago kami umalis ni Jonas," tumingin ako kay Jonas saka ngumiti "Di ba, Jonas?"

"Yes. Hintayin muna namin makaalis si Chairman. Besides, maaga pa naman." nakangiting sagot ni Jonas. Guwapo ni Jonas ngayon. Sarap halikan ng gilagid niya.

Mas lalong naging seryoso si Elton. Tapos tumayo siya sa harapan ni Jonas. Habang ako naman nakatingala lang sa kanilang dalawa.

"Jonas, seryoso ka bang liligawan mo si Althea?" seryosong tanong ni Elton. Parang gusto niyang suntukin si Jonas ngayon mismo.

Hindi nawala ang ngiti ni Jonas, "Oo. May problema ba 'dun? Wala namang masama, 'di ba? Single ako," tapos tumingin si Jonas sa akin, "Tapos single rin si Althea. Ibigsabihin, may kalayaan kaming gawin ang gusto namin kasi walang magagalit." binaling niya tingin niya kay Elton "Bakit, pre? Anong kinakagalit mo? Parang naiinis ka, ah?"

Hindi sumagot si Elton pero bigla niyang hinawakan si Jonas sa suot nitong damit nang mahigpit. Napayukom na rin ang kamao niya. Kaunti nalang talaga susuntukin na niya si baby suman ko. Bakit kaya siya nagagalit? Ano bang nakakainis sa mga sinasabi ni Jonas? E, ang sweetness kaya.

Bago pa masapak ni Elton si Jonas agad na akong tumayo at hinila si Jonas papalayo kay Elton.

"Hoy! Bakit ka ganyan mag-reactness, Elton?" sermon ko kay Elton "Ang aga-aga mong highblood. 'Wala namang ginagawang masama sa'yo si Jonas, ah. Hindi naman ikaw ang liligawan niya kundi ako."

"Papayag kang magpaligaw, Althea?" gulat na tanong ni Elton. "Pumapayag ka?"

Mabilis akong tumango, "Oo. Papayag akong magpaligaw!!"

"Wag kang sumigaw. Marinig ka ni Lolo!" puna sa akin ni Elton.

"Wala akong pakialam kung marinig niya ako. Basta magpapaligaw ako kay Jonas. Walang makakapigil sa akin. Dahil buhay ko 'to gagawin ko ang gusto ko. Magpapaligaw ako!" sigaw ko "Kung gusto mo, Elton, gumaya ka rin. Magpaligaw ka rin sa iba para 'di ka naiinggit sa akin. Friends tayo, 'di ba? Kaya dapat 'di ka

naiinggit sa akin. Ang magkaibigan walang inggitan sa katawan. Itatak mo sa matambok mong pwetan 'yan. Okay?" sunod-sunod kong sagot kay Elton.

Bigla kong narinig na natawa si Jonas kaya tinignan ko siya, "Ayos ba? Ang funny ko ba?"

"Haha. Oo. Ang funny mo," sagot ni Jonas.

"And prettyness, 'di ba? Ang prettyness ko rin?"

Tumango siya, "Yup! Sobrang funny mo."

"Friends?" bigla akong napalingon kay Elton nang magsalita muli siya. Nakatingin siya sa akin na parang 'di makapaniwala.

"Oo, friends. 'Di ba friends na tayo? Nag shake hands pa nga tayo kani-kanina lang?"

Tinignan ako ni Elton sa mga mata ko. Para akong kinilabutan sa sobrang seryoso ng pagtitig niya sa akin. "Ayoko kitang maging friends!" sabi niya saka tumalikod na't naglakad dire-diretso palabas ng mansion.

Narinig kong napatawa si Jonas mula sa likod ko habang ako walang ideya sa naging reaction ni Elton.

Ayaw niya raw makipag-friends sa akin?

Choosy pa siya. Althea Josefa na magiging friends niya, oh.

Whatever.

==========

Chapter 39

THAT PROMDI GIRLwritten by owwSIC

Chapter 39.

May tatlong bagay akong sigurado sa mundo.

Una, masasaktan ka kapag minahal mo ang taong dapat ay kaibigan mo lang.

Pangalawa, may dalawang klase ng ulo ang mga lalaki. 'Yung nasa itaas, edukado. 'Yung nasa ibaba naman ay delikado. Kaya mag-ingat ka sa kanila. 'Yung isa kasi diyan nanunuklaw at nandudura pa. Dirtyness ang ulo na iyun.

Ikatlo, si Elton ay taong pubic-hair o baka naman sa pubic hair siya pinaglihi ni Mommy niya.

Ang gulo-gulo niya kasing timawa siya. Nakakabanas na 'yang si Elton. Hindi ko na siya ma-getsness. Para siyang TV na walang antenna. Kahit pilitin mong ayusin, hindi mo magagawa. Kasi 'yung pagiging malabo niya 'e malala na talaga. Wala ng lunas. Hindi mo na maintindihan kung anong tumatakbo sa utak niya. Palibhasa, malaki ang pwetan. Hindi kasi kasya sa inidoro 'yung pwet niya kaya palagi siyang problemado kapag dudumi.

Pinag-iinit talaga ng bakulaw na Elton na 'yun ang ulo ko. Oo, bakulaw siya. Kinuha niya kasi ang puso ko pero wala naman siyang planong ibigay ang sa kanya.

Hindi ko rin maintindihan kung bakit nagalit siya kanina 'nung sinabi kong friends na kaming dalawa sa harapan ni Jonas. E, 'di ba nga, pumayag naman siya sa sinabi ko na friends na kami noong wala pa si Jonas? Sabi niya pa tama raw na mag move-on nalang ako.

Nag shake hands pa nga kaming dalawa, 'di ba? Ang lambot ng kamay ni Elton infairness, ah. Walang kalyo. Hindi tulad 'nung ibang lalaki sa probinsya, gilagid nalang ang walang kalyo.

Tapos 'nung nasa harap na namin si baby suman ko may pagalit-galit pa siyang nalalaman. Parang gusto niya pang suntukin sa mukha si Jonas. Ano, kaplastikan lang iyung sinabi niyang payag na siya? Tapos ang totoo 'e ayaw niya talaga maging friends ang tulad ko? Aba, hindi ako makakapayag 'dun, ah. Ako lang dapat ang plastic dito. Huwag niya akong agawan ng role.

Siya pa talaga ang nag-iinarte. Hiyang-hiya naman itong madudumi kong kuko sa kaartehan niya. Ako na nga ang nakikipagkaibigan siya pa ang may ayaw. Naiirita talaga ako sa bwisit na 'yun. Mamaya kapag umuwi siya mayayari ko siya. Itatali ko siya sa kama niya't saka ko siya huhubaran. Tapos papaluin ko ng papaluin ang matambok niyang pwetan.

Ang gulo niya talaga. Para talaga siyang pubic hair. Ayaw niya maging loverness kami. Ayaw niya ring maging friends kami. Friends with benefits and scholarships with 1 year supply of suman na nga 'yun, e. So, anong gusto niyang maging kaming dalawa? Just the benefits lang ganon? Parang 'yung story lang ni Beeyotch? Bitchness, pleasness. Ayoko ng ganun. Ayoko maging kasing shunga ni Imo. LOL!

Pero bahala na talaga si Elton sa buhay niya. Basta ako'y mag move-on na. Desidido na talaga akong kalimutan kung ano man ang namagitan sa aming dalawa noon. Sigurado na ako sa nais kong ibaon sa limot 'yung mga pangakong binitawan niya sa akin noong mga bata pa kaming dalawa. Mga pangakong napako. Mga pangakong napunta sa wala. Mga pangakong kinalimutan.

Shitness.

Masasaktan lang kasi ako ng lubos kapag umasa pa rin ako sa kanya ganung may iba na siyang mahal ngayon. Mahirap tanggapin pero ito lang ang maaari kong gawin ngayon. Kailangan tanggapin. Masakit. Pero kailangin indahin ang sakit. Kasi itong sakit na nararamdaman ko ay magiging alaala nalang din kapag dumating araw.

Mga anong araw? Mga lunes, ganon.

Saka, isa pa, ang feelings na hindi nasuklian ay pag mo-move on ang kailangan kahantungan. Hindi ko dapat ikulong ang sarili ko sa isang taong nagmamahal na ng iba. Hindi naman ako patay na patay kay Elton, no. Kaunti lang. Hindi ko rin naman ikamamatay kung 'di ko siya makukuha.

"Kanina ka pa napapasimangot," bigla kong narinig na nagsalita si Jonas kaya napatingin ako sa kanya. Nakangiti si Jonas sa akin. Kagwapong lalaki. Sarap halikan ng gilagid.

Nandito nga pala kami sa garden dalawa kasama si Chris na pipi na, as usual, coloring book na naman ang inaatupag. Mabuti pa 'yung libro niya makulay. Samantalang ang lovelife ko nananatiling matamlay dahil walang buhay. Mabuti rin 'tong si Chris walang problema. Batugan kasing bata. Walang pakinabang. Palamunin at—charot! Ayan, pati si Chris nadadamot sa init ng ulo ko.

"Napagod lang ako sa paglalaro natin," sagot ko sa kanya "Saka, 'di ko iniisip si Elton, ah. Baka sabihin mo siya ang iniisip ko kaya napapasimangot ako. Ba't ko iisipin 'yun 'e ang laki-laki ng pwetan ng bwisit na 'yun."

'Nung umalis si Elton kanina naglaro kami ni Jonas kasama si Chris dahil walang pasok ang bunso ng mansion. Bahay-bahayan ang nilaro namin. Ako ang nanay tapos si Jonas naman ang tatay. Habang si Chris naman ay anak namin. Inaaya ko nga siya 'dun sa may pink na kubo na nasa garden at sinabi kong kailangan na namin sundan si Chris. Ganun kasi nabasa ko, e. Sa bahay-kubo nag rak 'yung mag irog. Kaso sabi ni Jonas next time nalang daw dahil wala raw siya sa mood.

Sunod naman naming nilaro ni Jonas 'e 'yung bitin-patiwarik. Ayaw niyang ibitin ko siya sa puno at hindi naman pwedeng si Chris ang ibitin ko. Tiyak, makakatanggap ako ng mag-asawang suntok galing kay Elton kapag si Chris ang ibinitin ko sa puno.

So, dahil wala na akong pagpipiliin si student nalang ang ibinitin ko sa puno. As usual ang gaga, tinanggal na naman ang panty niya bago ko siya ibinitin. Baka raw

kasi makita ni Jonas kaya tinanggal niya nalang. Ngayon, tatlong oras nang nakabitin sa puno si student pero hindi siya nagrereklamo. Enjoy na enjoy pa si gagita. Tumitirik na nga ang mata kasi 'yung dugo niya napunta na ata lahat sa ulo niya.

Narinig kong natawa si Jonas, "Hindi ko naman sinabing si Elton ang iniisip mo, e. Pero mukhang siya nga. Bakit ka napasimangot? Dahil ba sa nangyari kanina?"

Tumango ako, "Oo. Hindi ko kasi siya maintindihan, Jonas. Kanina naman 'nung nag-usap kami, pumayag na siyang maging friends kaming dalawa. Alam mo 'yun? Friends. In tagalog, magkaibigan. Ayan, tinagalog ko na baka kasi hindi mo maintindihan 'yung english ng magkaibigan," nag-aalala kong sabi sa kanya "Tapos, ayun. 'Nung sinabi ko sa harapan mo na friends kami ni Elton, nag beast mode naman ang bakulaw na 'yun. Hindi ko talaga siya ma-getsness."

"Baka kasi ayaw ni Elton na maging friends lang kayong dalawa?" nakangiting tanong ni Jonas.

"Bahala siya sa buhay niya. Hina-highblood niya ako," inis kong tugon "Kung ayaw niya maging friends kami, edi hindi. Akala naman niya kawalan siya."

"Bakit mo naman kasi naisip na maging friends nalang kayong dalawa? E, 'di ba, may feelings ka sa kanya? Mahirap maging friends sa taong may feelings ka, 'di ba?"

Tumango ako, "Oo nga. Mahirap maging friends. Pero may magagawa ba ako? Mas okay na 'to kaysa naman wala. Tinanggap ko na sa sarili kong hanggang 'dun lang kaming dalawa. At itong nararamdaman ko sa kanya? Ibabaon ko nalang sa limot. Ayoko ng maramdaman 'to. Ayokong maging sanhi ng paghihiwalay ni Elton at girlfriend niya itong nararamdaman ko kay Elton."

"Makakaya mo rin 'yan," sagot ni Jonas "Mahirap lang sa una. Mahirap kalimutan ang feelings mo sa isang tao lalo na't mas lalo itong lumalalim kapag nakikita mo siya. Pero kung tatanggapin mo sa sarili mo na wala na talaga, makakaya mo 'yan." napatitig sa akin si Jonas saka muling ngumiti. "Pero bilib ako sa'yo, Althea. Usually 'yung ibang tao, gagawa ng paraan para mapaghiwalay ang dalawang taong nagmamahalan para makuha niya 'yung mahal niya. Pero ikaw hindi. Mas lalo tuloy tumaas ang tingin ko sa'yo."

"Gaano kataas?" natawa ako "Gusto lang kitang gayahin. Gaya-gaya kasi ako. You knowness? Copycatness." natawa naman si Jonas "Nakaya mo ngang kalimutan 'yung feelings mo para sa girlfriend ni Elton, ako pa kaya? Kaya ko kalimutan 'to para sa ikakasaya nila." napabuntong hininga ako "Saka, alam mo kahapon? Isinama ako ni Elton 'dun sa ospital kung nasaan ang girlfriend niya."

"Nakita mo si Jen?" gulat niyang tanong.

Kumunot ang noo ko, "Sinong Jen?"

"Yung girlfriend ni Elton."

"Jen ba pangalan 'nun? 'Di ba, Alicia Keys ang pangalan niya?" tugon ko at natawa lang si baby suman. "So, ayun nga, Nakita ko siya kaya nabuo ang desisyon ko na hindi na makiagaw kay Elton sa kanya. Desidido na akong isuko ang nararamdaman ko kay Elton. Ganito talaga ang mga magaganda. Marunong tumanggap ng pagkatalo. Hindi ko kayang kunin si Elton sa kanya ganung si Elton nalang ang meron siya."

"E, 'di ba, ikaw din naman? Wala ng pamilya? Parehas lang naman kayo ni Jen, e. Naging malupit lang ang tadhana sa kanya pero buhay pa mga magulang niya. Samantalang ikaw, ulilang lubos na."

Matipid akong ngumiti sa kanya, "Hindi, Jonas. Hindi kami parehas. Kasi ako hindi ako pinagmalupitan ng tadhana. 'Yung mga magulang ko alam kong minahal ako dahil anak ako. Samantalang si Yaya Dub hindi niya iyun naramdaman mismo sa magulang niya. 'Yung pagmamahal na kailangan niya hindi niya nakuha. Tapos kahit naging masakit pa ang nakaraan niya, hindi siya naging masamang tao. Naging mabuti pa siya sa mga kapwa niya. Kaya paano ko aagawin 'yung lalaking mahal ng isang napakabuting babae na katulad ni Taylor Swift?"

Hinawakan ni Jonas 'yung kamay kong nakapatong sa lamesa, "Kaya okay lang sa'yo na ikaw na ang magparaya at masaktan basta ba maging masaya lang si Elton at Jen?"

Tumango ako, "Oo. Mas okay na ako. Okay na ako 'yung mahirapan kaysa silang dalawa. Tutal naman sanay na ako sa hirap."

"Pero kung okay lang sa'yo na ikaw ang mahirapan, bakit ka umiiyak?" napatitig si Jonas sa akin gamit 'yung mga mata niyang nag-aalala.

Bigla kong hinawakan 'yung mga mata ko dahil sa gulat. Hindi ko na namalayan na umiiyak na pala ako dahil sa pag-uusap naming dalawa ni Jonas tungkol kay Elton. Mabilis kong pinunasan 'yung mga mata ko't tumingin sa kalangitan para maiwasan ang pagtulo pa ng mga luha ko.

"Hindi 'to luha," pagdadahilan ko "Laway 'to. Naglalaway mga mata ko kasi ang sarap mong tignan." tumawa-tawa pa ako para dagdag effectness sa pagdadahilan ko. Pero si Jonas hindi ngumiti. Seryoso lang siyang nakatitig sa akin.

"Hindi mo kailangan magpanggap na hindi ka nasasaktan, Althea. Okay lang umiyak."

"Hindi naman ako iiyak, 'no." mabilis kong sagot "Hindi naman ako. . .iiyak." tapos sunod-sunod ng naglabasan 'yung mga luha ko at 'di ko na mapigilan. Para silang waterfalls na kusang tumutulo 'yung mga tubig. Ayaw nila magpaawat sa paglabas. Parang pagmamahal ko kay Elton. Kahit pigilan ko hindi ko magawa. Lalo lang lumalala. At habang mas tumatagal ang pagpigil ko mas lalong sumasakit. Ang sakit-sakit. Gawa ako sa plastic pero bakit ako nakakaramdam ng sakit?

Napayuko nalang ako at bigla kong naramdaman na yinakap ako ng mahigpit ni Chris.

Andito pala 'tong si Chris sa eksena. Akala ko next chapter pa ulit siya lalabas o sa epilogue na, e. Hindi kasi nagsasalita kaya wala masyadong exposure. Yinakap niya lang ako ng mahigpit kaya kahit papaano nawala 'yung kirot sa puso ko. Kirot na dulot ng Kuya niyang matambok ang pwetan.

"Ate Althea, stop crying," bigla kong narinig na nagsalita si Chris na mahina. "Kuya is an asshole."

Napatigil ako sa pag-iyak nang marinig kong nagsalita si Chris. Ang hina lang 'nun pero alam kong boses niya 'yun. Minumura niya ako. Hinawakan ko si Chris sa magkabila niyang balikat.

"Nagsalita ka?" gulantang kong tanong "Hindi ka na pipi?" tumingin ako kay Jonas "Jonas, narinig mong nagsalita si Chris? Minura niya ako! Sabi niya sa akin Ate Althea fuck you ka. Minura niya ako, Jonas. Pero kiber lang. Ang importante nakapagsalita na siya ulit!"

Naguguluhang napatingin sa akin si Jonas, "Ha? Hindi ko narinig. Baka guni-guni mo lang 'yun, Althea?" sabi niya saka tumingin kay Chris "Nagsalita ka ba, Chris?" umiling si Chris.

"Chris, nagsalita ka, 'di ba? 'Wag mo ko gawing shunga. Ginagawa na nga akong tanga ng kuya mo pati ba naman ikaw. Nagsalita ka, 'di ba?" umiling din si Chris.

Natawa si Jonas, "Guni-guni mo lang 'yun, Althea." tumayo si Jonas "Mukhang naboboringan ka na rito sa mansion, Althea. Tara, mag mall tayo ni Chris. Day off ko naman ngayon kaya free ako."

"Talaga?" natuwa kong tanong. "Gusto ko 'yan!"

"Mas gusto kita," sagot ni Jonas na nakangiti "Nakapagdesisyon na ako, Althea."

"Anong napagdesisyonan mo?"

Ngumiti siya, "Napagdesisyonan ko nang ligawan ka. Na hindi na 'yun joke. Na totohanin ko 'yung sinabi ko kanina kay Elton," sabi niya habang nakatitig sa mata ko "Althea, palagi mong iniisip ang kapakanan ng ibang tao kaysa sa mismong kapakanan mo. You're selfless. Mas okay na ikaw ang miserable kaysa ang taong nasa paligid mo. You're a strong woman. Pakiramdam mo kaya mo lahat indahin ang sakit. Pero diyan ka nagkakamali. You also need love, Althea. You also need a person that you can lean onto. Kaya kung 'di 'yun kayang ibigay ni Elton sa'yo. Andito ako. Ako magbibigay ng lahat ng mga iyun."

Sunod-sunod na pagsasalita ni Jonas habang pulang-pula ang mukha niya.

"Palagi ko naiisip 'nun kung bakit hindi ako nagtapat kay Jen. Pwede ko naman sabihin sa kanya na mahal ko siya pero hindi ko ginawa. I have no idea what I

didn't confess to her. Pero ngayon alam ko na," dagdag pa niya "Hindi ako nagtapat kay Jen 'nun kasi nakatadhana na makilala kita. Nakatadhana na sa'yo ako at mag confess. Nakatadhana na ikaw ang mamahalin ko. Nakatadhana na ikaw at ako ang para sa isa't isa."

"Seryoso ka diyan?"

"Jesus, Althea. First time ko lang mag confess sa isang tao." nahihiya niyang tugon saka siya napaiwas ng tingin. "Seryoso ako. Seryosong-seryoso. Hindi man ako kasing yaman ni Elton at 'di ko man kayang ibigay lahat ng gusto mo pero pangako. Magsusumikap ako. Magtatrabaho ako ng mabuti para maibigay ko lahat ng pangangailangan mo."

"Teka—"

"Wait, kung ire-reject mo ako, 'wag muna ngayon. Hayaan mo muna akong manligaw sa'yo at mapakita ko ang mga efforts ko para makuha ka. Pero kung hindi talaga ako pasado sa'yo, ayos lang. At least, naipakita ko sa'yo na seryoso ako sa'yo." ngumiti siya pero hindi pa rin makatingin sa akin. Hiyang-hiya siguro talaga si Jonas ngayon dahil sa mga sinasabi niya. "Magbihis ka."

"Nakahubad ba ako?" naguguluhan kong tanong.

Natawa si Jonas, "Hindi. Pero mag di-date nga kasi tayo ngayon."

"E, paano 'tong si Chris? Hindi ko siya pwedeng iwanan."

"Isasama natin," tumingin siya kay Chris "Mag arcade tayo, Chris."

Nag ning-ning 'yung mga mata ni Chris nang marinig niya 'yung arcade.

Muling tumingin sa akin si Jonas, "So, paano? Hintayin ko nalang kayo ni Chris sa kotse ko, ah?"

Tapos naglakad papunta sa akin si Jonas at hinalikan niya ako sa noo. Nanigas ako sa kinatatayuan ko dahil sa ginawa niya. Habang si Jonas naman nagmamadaling maglakad papunta 'dun sa garahe kung nasaan 'yung kotse niya. Iniwan niya akong tulala.

"Mas bagay kayo ni Kuya Jonas, Althea." narinig ko na namang nagsalita si Chris kaya napatingin ako sa kanya.

"Nagsasalita ka na talaga!" gulat na gulat na sabi ko sa kanya "Pero, anong sabi mo? Mas bagay kami ni Jonas? Bakit, hindi ba kami bagay ni Kuya Elton mo?"

Umiling si Chris, "Nope. Kuya Elton is an asshole, e."

Bigla akong napaatras sa muling pagmumura sa akin ni Chris. Hindi ako makapaniwalang nagsasalita na siya. Pero ang mas 'di ko kinakapaniwala ay 'yung napatingin ako kay student na hanggang ngayon nakabitin pa rin sa puno nang patiwarik.

Nangingitim na ang ulo ni student at 'yung mga mata niya puro puti nalang ang nakikita ko. Nakanganga na rin siya. Mukhang wala na siyang buhay habang nasa puno pa rin siya. 'Yung mga kamay niya nakasayad na sa lupa. Mukha na siyang bangkay.

Pero 'di ko siya pinansin. Bahala si student sa buhay niya.

Naglakad nalang kami papasok ni Chris ng mansion at dumiretso sa kwarto niya para bihisan siya.

Siguro, tama nga si Chris.

Mas bagay nga kami ni Jonas.

Hindi naman kasi bagay si Elton, e.

Hayuf kasi 'yung bwisit na 'yun.

==========

Chapter 40

Ma'am Althea's back. Sana mag comment kayo ng maraming-marami para tuloy-tuloy na gabi-gabi ang update. Saka, kasali si ma'am althea sa #Wattys2015 kaya kailangan ng maraming comments para manalo. Thanks, studentness! Mag comment para sa ekonomiya! Haha.

Aminado akong si Jonas ang una kong naging crushness nang mapunta ako rito sa Manila mula nang makilala ko siya sa bus noon. Sino bang hindi magkakagusto sa kanya kung ang guwapo niyang nilalang kapag nakangiti? Ang saya-saya niya pa kasama kasi palagi niyang sasakyan ang mga kagagahan mo sa buhay at hindi ka sasabihan na ang tanga-tanga mo o ang engot mo.

Si Jonas din iyung tipo ng tao na palaging nakatawa na akala mo walang problema sa buhay. Maalalahanin din siya. Siya nga rin ata ang tipo ng tao na 'di marunong malungkot. Kaya feelingless ko ang sarap-sarap niya este ang sarap niyang mahalin. Kasi parang kapag siya ang minahal mo, tulog ka na kinikilig ka pa kasi malandi kang punyemas ka.

Sinabi niya kanina na tototohanin na niya iyung sinabi niya kay Elton bhe na liligawan niya ako. Na kung hindi raw maibigay ni Elton iyung pagmamahal na nais ko 'e siya na ang magbibigay. Napakabait niyang tao at napakamakawanggawa, 'no? Handa niyang punan iyung mga bagay at feelingness na hindi kayang ibigay ni Elton sa akin.

Gusto ko sanang matuwa at kiligin at lumandi dahil sa sinabi ni Jonas kanina. Gusto ko maging masaya sa mga sinabi niya. Pero kahit anong pilit ko sa sarili ko 'di ko magawang maging masaya. Nananatili pa rin akong malungkot. Kahit may isang tao na diyan na handa akong mahalin bilang kapalit ni Elton, ayaw pa rin ngumiti ng puso ko. Nalulungkot pa rin ang puso ko. Siguro hindi siya masaya. Hindi siya natutuwa sa ideyang iyun. Lecheng puso 'to.

Si Elton lang kasi ang pinapangarap ng puso ko, e. Si Elton lang ang pinapangarap ng puso ko na mananatiling pangarap nalang dahil neverness iyong matutupad kahit kailan man.

Ang weirdness lang talaga sa totoo lang. Akin naman itong puso ko pero bakit ngayon tumitibok na ito para kay Elton? Ilang beses nang winasak ni Elton bhe ang puso ko pero bakit hanggang ngayon si Elton pa rin ang sinisigaw niya?

Bobo talaga ang puso ng tao. Hindi kasi sila marunong huminto kahit ilang beses na silang nasasaktan. Hindi nila alam ang salitang limitasyon. Hindi nila alam gawin ang pagsuko. Higit sa lahat hindi alam ng puso ng tao ang mga katagang tumigil na. Handa silang mawasak nang ilang ulit para lamang sa mahal nila. Handa silang madurog at magkalamat nang paulit-ulit.

Ngayon, napatunayan ko na ang puso ang pinakabobong organ ng isang tao. Wala kasi silang utak. Puro sila puso. Pero kahit sila ang pinakabobo na organ, sila rin naman ang pinakamapagmahal sa lahat. Handa kasi nga silang mawasak nang ilang ulit para sa taong kanilang minamahal.

"Bakit ang tahimik mo, Althea? May problema ka ba?"

Narinig kong tanong sa akin ni Jonas kaya napatingin ako sa kanya. Shitness lang. Napatingin ako kay Jonas. Nagkatinginan kaming dalawa. Ibigsabihin ba nito may pagtingin na kami sa isa't isa?

So anywayness, nakasakay kaming tatlo ni Jonas at Chris na pipi sa kotse ni Jonas papuntang mall dahil mag di-date nga kami ni Jonas. Sa harap ako nakaupo habang si Chris naman na pipi 'e nasa likuran nakaupo habang tahimik na nagkukulay sa coloring book niya.

Itong bata na 'to wala nang ibang ginawa kundi magkulay, e. Wala talaga siyang pinoproblema. Batugan siya ng taon. Sarili niya lang iniintindi niya. Kapag ako hindi nakapagpigil iyang mga crayola niya ipapakain ko sa kanya nang makaganti naman ako sa kuya niya.

Charot. Baka kapag ginawa ko 'yun, iyung mga bote ng wine sa mansion 'e ipasok ni Elton lahat sa bibig ko. Edi, naloka nalang ang buong katawan ko, 'di ba? E, kung ano nalang ni Elton ang pinapasok niya sa akin edi nasiyahan pa ako. Iyung. . .pagmamahal niya. Kayo naman.

"Kailangan ba kapag nakasakay sa kotse maingay?" masungit kong sagot sa kanya. Napairap pa ako dahil nga snob ako sa personal saka plastic pa.

Napatingin sa akin si Chris kaya inirapan ko na rin siya. Baka kasi isipin niya 'e friendness kaming dalawa 'e nakikipagplastikan lang naman ako sa kanilang lahat, 'no. Wala kayang friendness ang tulad kong plastic. Nabubuhay lang akong mag-isa sa buong mundo. Hindi kasi ako mabubulok.

Natawa si Jonas. Iyung klase ng tawa niya na ang sarap pakinggan at ang sarap niyang halikan.

"Haha, hindi naman. Nagtataka lang ako na tahimik ka," sagot niya "Hindi naman din library 'tong kotse ko na kailangan tahimik, e. Gusto ko lang marinig ang boses mo."

"May iniisip lang ako," saad ko naman. "Kapag may iniisip ang isang tao tahimik lang siya."

"Ano namang iniisip mo?"

"Iniisip ko kung anong size ng brief ni Elton," kaswal kong sagot. "Ang laki kasi ng pwetan niya. Sa'yo ba, Jonas, malaki rin ba ang pwetan mo? Pwedeng patingin?"

Biglang huminto ang sasakyan at gulantang na napatingin si Jonas sa akin, "Ano. . .anong sabi mo? Anong pwetan ka diyan? Gusto. . .gusto mong makita ang pwetan ko?" hindi niya makapaniwalang tanong sa akin. Biglang namutla ang mukha ni Jonas. Napahawak pa siya ng mahigpit sa pantalon niya na parang magkamatayan na pero 'di niya ito huhubarin.

Sa gilid naman ng mata ko nakita ko si Chris na tumatawa pero walang soundness. Pinapalo pa ni Chris ang upuan na akala mo laughtripness na laughtripness siya sa

narinig niya kahit wala namang soundness na lumalabas sa bibig niya dahil pipi siya.

"Jokeness lang, Jonas. Ano ka ba!" pagbawi ko sa sinabi ko. "Alam mo naman akong tao, mapagbiro ako. Kaya nga hindi ako sineseryoso kahit tapat akong magmahal, 'di ba?"

Muli na namang natawa si Jonas. Saka niya pinagpatuloy ang pagmamaneho. Mabuti naman na inakala lang ni Jonas na biro lang iyun kahit sa totoo lang 'e gusto kong malaman kung matambok din ba ang pwetan niya gaya ni Elton ko—este Elton ni Miley Cyrus.

"Ang tahimik mo talaga, Althea. Magtatanong nalang ako," muling pagsasalita ni Jonas. Hindi niya siguro ma-takeness ang katahimikan sa loob ng kotse.

"Sige. Huwag lang math, ha? Mahina ako sa math, e. Sa english lang ako magaling."

Tumango siya, "Kung magkakaroon ka ng third eye, saan mo gustong ilagay?"

Ngumiti ako ng matipid, "Gusto ko sa puso ko." sagot ko "Para hindi na ako mabulag sa pag-ibig."

Napatitig sa akin ng seryoso si Jonas, "Next question. Kung magiging superhero ka. Sinong una mong ililigtas?"

"Gusto kong iligtas ang pamilya ko. Pero dahil wala na sila," huminto ako "Sarili ko nalang ang ililigtas ko. Para hindi na ako masaktan. Nakakasawa na kasing masaktan sa totoo lang."

Ngumiti ulit si Jonas, "Last question. Kunwari nasa isang bangka tayong tatlo nila Elton. Lumulubog iyong bangka at ikaw lang ang marunong lumangoy. Sinong ililigtas mo? Ako o si Elton?"

Bigla akong napatawa sa sarili ko at the same timeness bigla ring nalungkot. Naalala ko kasi itong tanong na'to na itinanong ko kay Elton. Iyung time na umaasa akong ako ang ililigtas niya kapag nasa iisang bangka kaming tatlo nila Selena Gomez. Pero nasaktan lang ako dahil umasa ako. Bakit ba kasi umasa akong ako ang ililigtas niya kahit obviousness naman na si Taylor Swift talaga?

"Siyempre. Ikaw ang ililigtas ko." sagot ko kaya biglang napangiti si Jonas.

Nanahimik na kaming dalawa ni Jonas. Itinuon ko nalang ang pansin ko sa labas ng bintana at sinabi sa utak ko iyong karugtong ng sagot ko.

"Tapos babalikan ko si Elton sa dagat at sabay kaming malulunod dalawa." bulong ko sa puso ko na sana ay ganun din ang isinagot ni Elton noon.

Habang nananahimik, bigla kong naramdaman na kinalabit ako ni Chris kaya napatingin ako sa kanya ng masama. Istorbo sa pag-eemoteness ko, e. Tinuturo niya iyung coloring book niya na agad ko namang na-getsness ang pinupunto niya.

"Kung nasa isang bangka kayo Chris ni Kuya mo at niyang coloring book mo," pagsasalita ko. "Sinong ililigtas mo?" sabi ko tapos tumango si Chris habang tinuturo coloring book niya. "Iyang coloring book mo ang ililigtas mo at hahayaan mo lang si Kuya mo na malunod?" tango ng tango si Chris.

"Ah...K," tugon ko sa kanya "Mamatay na nagtanong."

Napanguso si Chris habang si Jonas naman ay tumawa lang ng tumawa.

Maya-maya pa nakarating na kami sa mall kung saan kami gagalang tatlo. Gusto ko nga sanang iligaw muna si Chris kahit panandalian lang para naman masolo ko si Jonas, e.

Nakakainis. Ba't ba kasi sinama namin 'tong si Chris? Wala nga palang magbabantay. Si student kasi nakasabit pa rin hanggang ngayon sa puno. Ewan ko na kung anong nangyari sa gagang iyun. Nung umalis kami sa mansion kanina nakita kong nangingitim na ang mukha niya.

Hawak ko sa kanang kamay si Chris habang si Jonas naman sa kaliwang kamay niya. Mukha kaming bigness na happy family. Habang nag-iikot kaming tatlo napapatingin sa amin ang mga taong nakakasalubong namin. Iniirapan ko nga sila. Kailangan kapag nasa mall ka maldita ka dapat para kunwari rich kid ka. Ganun dapat ang gagawin mo para mukha kang mayaman.

Biglang napahinto si Jonas sa paglalakad at napatingin sa paanan ko.

"Althea, nasaan na 'yung tsinelas mo? Ba't nakayapak ka nalang?" seryoso niyang tanong. Pati iyung mga nakakasalubong naming tao napapatingin na sa mga paa kong wala ng suot na tsinelas.

"Hinubad ko kanina sa entrance ng mall," proudness kong sagot. "May sign kasi 'dun na wet tiles. Slippery. In tagalog, basa ang tiles. Hubarin ang tsinelas. Kaya nga nagtataka ako sa inyo ni Chris kung bakit 'di niyo tinanggal ang sapatos niyo. Hindi ba kayo nakakaintindi ng english? Sana tinanong niyo sa akin. Best in english ako, 'di ba?"

Nasamapal lang ni Jonas 'yung noo niya saka napailing-iling.

"Sandali lang. Kukunin ko lang iyung tsinelas mo sa entrance ng mall." sabi ni Jonas saka na siya naglakad papuntang entrance ng mall.

Napatingin naman ako kay Chris, "May mali ba akong nagawa?"

"Always. You always do stupid things, Ate Althea." natatawang sagot ni Chris.

"Nagsasalita ka na talagang pipi ka!" tuwa kong sagot kay Chris saka ko siya binatukan. Napalakas ata ang pagbatok ko kaya natumba si Chris at sumobsob sa matigas na tiles ng mall. Dumugo ang mukha niya. Sumabog din ang nguso niya kaya natawa nalang ako.

Jokeness. 'Di naman siya nasubsob. Bago palang kasi siya matumba 'e nasalo ko na siya. Sana ganun din ang ginawa ng kuya niya sa akin, 'di ba? Sana bago palang ako mahulog kay Elton bhe sinalo na niya agad ako para 'di na ako nasaktan.

Natanaw ko na si Jonas na naglalakad pabalik sa kinatatayuan namin ni Chris habang dala-dala niya iyung tsinelas kong iniwan ko sa entrance ng mall. Nakangiti si Jonas habang naglalakad at napapailing pa. Para siyang may nakakatawang bagay na nasaksihan. Ano kaya iyung nasaksihan niya? Para naman matuwa rin ako.

Yumuko si Jonas saka inilapag sa harapan ko iyung tsinelas. Tinulungan niya pa akong isuot iyung pares ng tsinelas sa paa ko. Nag mukhang si Snow White tuloy ako sa fairytale kung saan sinuotan siya ng kanyang Prince Charming 'nung glass shoes niya.

So, ibigsabihin, si Jonas na ang Prince Charming ko? E, paano na si Elton? Hayaan na natin siya. Siya ang beast ng buhay ko. Beast na matambok ang pwetan. Bwisit siya.

Nagpatuloy na kami sa pag-iikot sa mall. Ang laki pala ng mall na ito. Parang pagmamahal ko kay Elton na masyadong malaki. Hindi mo kayang sukatin. Habang naglalakad kami bigla kaming napadaan sa Play Zoned. Tinuro iyun ni Chris kaya pumunta kami para maglaro.

Bumili ng mga tokens si Jonas para makapaglaro kami. Una kaming naglaro sa basketball. Magkakampi kami ni Chris at kalaban namin si Jonas. Paramihan ng maipapasok na bola. Ilang minuto rin kaming naglaro at pikon na pikon ako kay Chris.

"Chris, ano ba? Ipasok mo kaya 'yung bola? Wala namang pumapasok sa ring e!" pagrereklamo ko.

42-1 na ang score. 42 na kay Jonas at 1 palang sa aming dalawa. Kapag natalo kami ni Jonas si Chris at ipapasok ko sa ring. Huwag niya akong inisin.

At ayun nga. Natalo kaming dalawa ni Chris. Si Jonas ang nanalo. Kung 'di lang ako pinigilan ni Jonas naipasok ko na rin sa ring si Chris. Kainis na Chris 'to pabigat lang sa buhay ko.

Kung anu-ano pang laro ang nilaro naming tatlo na puro kami talo. Ilang tickets palang ang nakukuha namin. Hanggang sa mapadaan kami sa karaoke.

"Gusto mong kumanta?" nakangiting tanong sa akin ni Jonas.

"Sige," pagpayag ko. "Magaling akong kumanta. Sa probinsya namin palagi akong nanalo sa singing contest, e. Hindi naman sa pagmamayabang pero maganda talaga ang boses ko, Jonas."

"Talaga?" hindi makapaniwalang tanong ni Jonas. "Ilan ba kayong naglalaban-laban?"

"Dalawa," tugon ko. "Iyung kalaban ko 'e pipi pa. Kaya siya ang first place. Ako ang champion."

"Hahahahaha!" tawa lang si Jonas sa akin. "Anong kakantahin mo?"

"Bakit labis kitang mahal ni Lea Salonga."

"Nice," lumapit si Jonas sa machine saka pumindot-pindot tapos inabot niya sa akin ang mic.

"Test mic. Test mic. Pipi si Chris. Pipi si Chris," pagsasalita ko sa microphone. "Itong kanta na ito ay dedicated para sa taong nag mamay-ari ng puso ko ngayon. Pakyu ka. Makakalimutan din kita."

Nagsitawanan iyung mga tao sa paligid dahil sa sinabi ko. Inirapan ko nga silang lahat. Mga tsismoso. Tumayo ako sa harapan ng machine habang si Chris at Jonas nasa gilid ko naman at tutok na tutok sa akin. Gandang-ganda talaga silang dalawa sa beautyness ko.

♪♫Mula nang makilala ka, aking mahal 'di ako mapalagay Sa kakaisip ko sa 'yo Lagi na lang ikaw ang alaala ko Kahit nasaan ka man Larawan mo'y natatanaw. ♪♫

Pag nagmahal ka kasi, ibinubuhos mo ang lahat para sa isang tao. Bawat segundo ng buhay mo siya ang iniisip mo. Siya ang inaalala mo. Hindi mo siya matanggal sa utak mo. Kaya pakiramdam mo, sa bawat sulok ng mundong iyong ginagalawan, siya na ang nakikita mo. Dahil sa pagmamahal mo sa kanya, unti-unti, siya na ang nagiging mundo mo.

♪♫Maging sa pagtulog ay panaginip ka Pagka't ang nais ko sana Kapiling ka sa t'wina Ano bang nakita Ng puso kong ito sa 'yo Kapag ika'y kasama Anong ligaya ko sinta♪♫

Ano nga ba ang nakita ko kay Elton at ganito ko siya minahal? E, ang sungit naman niya. Masyadong iritado. Wala naman siyang ginagawa pero minamahal ko siya? Bakit kahit ilang ulit na niya akong nasaktan, siya pa rin ang pinipili ng puso ko? Ang unfairness lang kasi talaga.

♪♫Bakit labis kitang mahal Yakap mo'y di ko malimutan Bakit labis kitang mahal Sumpa man, iniibig kita♪♫

Bakit ko nga ba labis na mahal si Elton? Hindi ko rin alam, e. Hindi mo naman kasi talaga alam kung bakit mo minamahal ang isang tao. Hindi mo alam ang dahilan o kung anong rason kung bakit mo siya minamahal. Nararamdaman mo lang ito. Masasabi mong minamahal mo ang isang tao ng labis kapag iyong pagmamahal na iyon ay naging dahilan na ng mga luha mo.

Natapos akong kumanta at napatingin kay Jonas at Chris na kasalukuyang titig na titig sa akin.

"Wow! Hindi ako makapaniwalang boses mo talaga iyun!" bilib na bilib na sabi ni Jonas "Akala ko binibiro mo lang ako na marunong kang kumanta. Pero hindi pala. Ang ganda ng boses mo, Althea!"

"Maliit na bagay by One Direction minus Zayn Malik." natatawa kong sagot.

"Haha. Seryoso. Ang ganda nga. 'Di ba, Chris, ang ganda ng boses ni Ate Althea mo?" tanong ni Jonas kay Chris. Napatango si Chris.

"So, fan ko na kayo? Don't me. Other please!" sayness ko "In tagalog, huwag ako. Iba nalang." natawa na naman iyung dalawa. "Okayness, ang next na kakanta ay si Chris. Kanta ka, Chris, ah? Kantahin mo ay bulag pipi at bingi. Hahaha."

Tumawa kaming dalawa ni Jonas samantalang si Chris napanguso lang.

May nakuha kaming ticket dahil sa ganda ng boses ko. Ang daming ticket 'nun. Dumiretso kami sa counter para i-redeem iyung ticket at kumuha ng kapalit. Gusto ko sana kunin iyung kwintas na bisekleta ang palawit dahil naalala ko si Elton. Kaso, itinuro ni Chris iyung laruan na kotse. Dahil maganda ako, plastic, snob, at mapagbigay. Iyung gusto na ni Chris ang sinunod ko.

Alam ko naman kasi na neverness kong makukuha ang gusto ko. Hinding-hindi ko makukuha si Elton na kaisa-isang nagugustuhan ko sa mundong ito.

E, kung si Klyde nalang?

Huwag na. Ayoko sa manloloko ay playboy.

E, kay Klode kaya?

No, thanks nalang. Ayoko sa bekimon na hindut ba bayot.

E, kay Lolo Andres?

Mas lalong huwag. Ayoko sa kikiam. Chos!

Lumabas na kaming tatlo sa Play Zoned nang makuha na namin ang laruan na prize sa tickets. Tuwang-tuwa si Chris habang naglalakad. Ngiting-ngiti. Ang sarap tuloy kagatin ng matataba niyang pisngi. Kung makatawa akala mo naman may naiambag sa pagkuha ng maraming tickets. Tse!

"Sandali lang," biglang nagsalita si Jonas. "Mag banyo lang ako."

"Sama ako?" tanong ko. "Tapos patingin ng pwetan mo kung matambok?"

Namutla na naman si Jonas, "Ha—seryoso ka?"

"Haha. Hindi. Jokeness lang," sabi ko "Sige. Hintayin ka nalang namin dito."

"Sige. Mabilis lang ako." tapos tumalikod na si Jonas at naglakad palayo.

Pagharap ko biglang nawala sa paningin ko si Chris na pipi. Nagpalinga-linga ako sa paligid at nakita ko siyang nakatayo sa isang tindahan ng mga damit. Parang may tinitignan. Nakasimangot si Chris habang nakasulyap sa tindahan ng mga mamahaling damit.

Nalakad ako papunta sa kanya.

"Jusko naman, Chris. Huwag ka ngang nawawala sa paningin ko. Mapapatay ako ng Kuya mo kapag nawala ka, e." sermon ko sa kanya. "Ano bang tinitignan mo diyan?"

Bago pa makapagsalita si Chris, biglang akong may napansin na may lumabas na isang lalaki at babae sa tindahan ng mga damit. Nakayakap iyung babae sa braso nung lalaki habang iyung lalaki naman ay may dalang mga paperbag.

Pag tingin ko sa kanila, nagkatinginan kami nung lalaki at sabay kaming nagulat sa isa't isa. Hindi naman parehas inaasahan na magkikita kaming dalawa ngayon. Kita mo nga naman. Ang liit ng mundo.

"Promdi Girl? Anong ginagawa mo rito?" gulat na tanong ni Elton sa akin saka siya napatingin kay Chris. "Kayong dalawa lang ba ni Chris andito? Wala na ba kayong ibang kasama? Paano kayo nakarating dito sa mall?" sunod-sunod niyang tanong.

Gusto ko sanang sagutin iyung mga tanong ni Elton pero tinamad ako. Besides, napatitig ako sa kasama niyang babae na mukhang artista sa sobrang ganda at puti. Mukha itong anghel na ibinagsak sa lupa dahil bawal iyung ganda niya sa langit.

Jusko. May babae palang ganito kaganda?

Nakatitig lang ako sa babaeng kasama ni Elton habang nakangiti ito ng busilak sa akin. Hanggang sa na-realizedness ko kung sino ang babaeng ito. Walang iba kundi ang pinaka-famous sa lahat ng famous na si Taylor Swift — ang girlfriend ni Elton bhe.

Habang nakatitig ako sa girlfriend ni Elton bigla akong nanliit sa sarili ko. Kaya pala mahal na mahal ito ni Elton dahil sobrang ganda nito at sobrang tangkad. Hindi gaya ko na mukhang punggok. May awra itong girlfriend ni Elton na parang ang sarap-sarap niyang mahalin. Samantalang ako may awra ako na parang ang sarap-sarap tadyakan sa mukha.

Muling dumako ang mga mata ko sa braso ni Elton na yakap-yakap ni Katy Perry. Biglang kumirot ang puso ko. Ako kaya? Kailan ko mayayakap ng ganyan ang braso ni Elton?

O, kahit pwetan nalang niyang matambok. Okay na ako. Iyun nalang ang yayakapin ko.

"Promdi Girl?" bigla nalang ako napabalik sa realidad nang muling magsalita si Elton.

"Ah, ano?" sagot ko sa kanya. "May sinasabi ka ba?"

"Sabi ko sinong kasama niyo ni Chris dito sa mall?" muling tanong ni Elton.

Bago pa ako makasagot bigla nang nagsalita si Jessica Alba, "Sino siya, Alexander?" nakangiti nitong tanong kay Elton. Alexander pala ang tawag niya kay Elton. Odi sila na ang close.

Gusto ko sanang umepal at ako mismo ang sumagot sa tanong niya kung sino ako. Gusto ko sanang sabihin na ako si Althea Josefa Marinduque, ang diyosa ng mga suman. Ang kababata ni Elton. Ang pinangakuan niya ng papakasalan niya kapag lumaki kaming dalawa. Ang babaeng pinapaboran ni Lolo Andres para pakasalan si Elton at ang babaeng nagmamahal kay Elton kahit ang sakit-sakit na.

Pero bago pa lumabas ang mga salitang iyun sa labi ko, naunahan na ako ni Elton.

"Siya si Althea," sagot ni Elton. "Yaya ni Chris."

"I see," saad naman ni Angelina Jolie. Saka ito tumingin sa akin, "Hello, Yaya Althea. Ako si Jeninna. Ang girlfriend ni Elton. Nice meeting you."

Hindi ko magawang ngumiti sa kanya kahit ang friendliness niyang magsalita.

Nag loadingness kasi ang utak ko sa sinabi ni Elton.

Ako raw si Althea—ang yaya ni Chris.

Yaya.

Shitness.

Yaya.

Kailan ako nag apply?

Bakit wala akong sahod?

==========

Chapter 41

Update ulit bukas ng gabi? Comment pala ng maraming-marami. HAHA!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 41.

Huwag kang iiyak, Althea. Huwag na huwag kang iiyak sa harapan nilang dalawa.

Iyan ang paulit-ulit kong sinasabi sa utak ko nang mag sink-in sa akin iyung sinabi ni Elton na ako raw ang yaya ni Chris. Hindi naman sa minamaliit ko ang propesiyon ng mga yaya pero nasaktan talaga ako sa pagpapakilala sa akin ni Elton sa girlfriend niya. Ang sakit lang isipin na, para kay Elton, isa lang pala akong yaya ni Chris na pinapasweldo niya upang alagaan ang kapatid niya. Ang sakit lang sa bangs na para sa kanya, isa lang akong yaya at hanggang dun lang ang papel ko.

Sabagay, sa tao, sa lupa, sa himpapawid, at sa dagat, ilang beses na namang nilinaw sa akin ni Elton kung ano kaming dalawa, 'di ba? Wala siyang pakialam kahit masaktan ako basta hindi masaktan ang girlfriend niya. He's more than willing to hurt anybody as long as his girlfriend ain't feeling any pain at all. Shitness. Straight english na nasabi ko. Ibigsabihin nito, sobrang sakit na talaga.

Yaya. Iyan ako para kay Elton. Kaya sana magising na ako sa katotohanan na hinding-hindi ako magiging amo na katulad niya para maabot ko siya.

"Hehehehe," naglabas ako ng peke na tawa. Isang tawa para mapagtakpan ang namumuong sakit sa dibdib ko at bumabara sa lalamunan. Ang hirap mag panggap na okay ka pero kailangan. "Sir Elton, day-off ko po ngayon kaya gumala kaming dalawa ni Chris."

Mukhang nagulat si Elton sa pagtawag ko sa kanya ng Sir Elton. Kumunot ang noo niya pero nakatitig lang siya sa akin. Hindi ko mabasa ang iniisip niya kasi hindi naman ako mind reader.

Hindi ba siya sanay Sir Elton ang tawag ko sa kanya? Pwes, ngayon masanay na siya. Siya ang nagsimula nito kaya panindigan niya. Masanay na siya simula ngayon tulad nang pagsanay niya sa akin na hinding-hindi niya ako kayang mahalin.

Sunod akong tumingin kay Kendal Jenner. Ngumiti ako. Iyung ngiting pang toothpaste commercial. Pinakita ko ang mga ngipin kong 'di ko alam kung mapuputi sa mga oras na 'to dahil hindi naman ako nakapag-toothbrush kanina. Sana lang wala akong tinga sa singit ng ngipin.

"Hello, ma'am. Ang ganda-ganda niyo po. Kaya hindi nakakapagtakang mahal na mahal ka ni Sir Elton," buong puso kong sagot sa kanya. "Ang swerte-swerte niyo po sa isa't isa. Sana po magtagal kayong dalawa kahit wala namang forever. Sana rin imbitado ako sa kasal niyo if everness, ma'am. Pero tiyak hindi iyun mangyayari."

Nagulat si Rihanna, "Ang alin ang hindi mangyayari? Ang kasal?"

Umiling ako, "Hindi po. Iyung iimbitahin niyo ako," tapos tumingin ako kay Elton. "Imposibleng imbitahin niyo ako kasi yaya lang naman ako ni Chris, e. At ang mga yaya ay kailangan nasa bahay lang ng amo nila at hindi pumupunta sa mga party. 'Di ba, Sir Elton?"

"Haha. Grabe ka, yaya. You're so funny!" tawang-tawa na sabi ni Megan Fox sa akin. "I like Yaya Althea, Alexander. Ang sarap niyang kausap."

"Plastic din ako, ma'am. Saka, snob din ako sa personal. Nagtataka nga ako kung bakit ko kayo pinapansin, e." pagsasabi ko ng totoo.

"Haha. Ang funny-funny ni Yaya Althea, Alexander. Tingin ko magkakasundo kaming dalawa," tugon ni Madonna saka siya tumingin kay Elton. Matipid lang na ngumiti si Elton. Pero nang magtama ang paningin naming dalawa bigla na naman siyang nagseryoso.

Ang funnyness ko raw. Sikmuraan ko kaya 'tong girlfriend ni Elton, 'no? Tignan lang natin kung masabi niya pang funny ako. Sadista kaya ako lalo na sa sarili ko. Gustong-gusto kong sinasaktan ang sarili ko kahit masyado nang masakit ang nararamdaman ko ngayon.

Ang sakit pala talagang makitang iyung lalaking mahal mo ay kasama iyung babaeng

mahal niya. Unti-unting nadudurog ang puso mo pero wala kang ibang magawa kundi indahin nalang at ipakitang hindi ka nasasaktan.

Napatingin naman si Katy Perry kay Chris na kasalukuyang nakasimangot. Hindi ko alam kung bakit nakasimangot si baby Chris. Gusto na niya atang mag color sa coloring book niya.

"Hi, Chris. Ako si Jeninna. Ang girlfriend ng Kuya mo. We met last year. Nung birthday mo. Naaalala mo pa ba ako?" magiliw nitong pagsasalita kay Chris.

Mas lalong napasimangot si Chris. Hindi niya pinansin iyung sinabi ni Selena Gomez. Tumingin lang si Chris sa akin tapos pilit akong hinihila para umalis na.

"Gusto mo nang umalis?" tanong ko kay Chris. Tumango ang pipi. "Sir and ma'am, aalis na po kami ni Chris. Nag-aaya na, e. Uuwi na kami."

"Aww. That's sad. Mamaya na. Sumama muna kayo sa amin. Kakain kami ni Alexander." pag-aaya ng girlfriend ni Elton. "Right, Alexander? Sama muna sila sa atin."

Tumango naman si Elton, "Sumama muna kayo sa amin."

"Naku, sir. Hindi na po. Hindi po magandang tignan na kumakain kayo ng girlfriend niyo na may kasama kayong yaya. Ang pangit po tignan," pagtanggi ko "Uuwi nalang po kami sa mansion. Tutal dun nababagay ang yaya na katulad ko. Yaya lang naman po ako, sir, 'di ba? Kaya huwag niyo na akong isama sa pagkain niyo. Hindi po magandang tignan."

Ayoko ng sumama sa kanila. Hindi ko na kaya. Hindi ko na ma-takeness itong nakikita ko na magkahawak silang dalawa ng kamay. Parang pinipiga ang puso ko nang paulit-ulit. Alam kong wala akong karapatang masaktan dahil wala namang namamagitan sa aming dalawa ni Elton. Pero kapag kasi may nararamdaman ka para sa isang tao, hindi mo mapigilan ang sarili mo na hindi masaktan. Lalo na kung nakikita mo kung gaano siya ka-proudness sa taong mahal niya.

Hindi mo mapipigilan ang sarili mo na hindi makaramdam ng inggit. Inggit na unti-unting lumalamon sa buong katawan ko ngayon kaya kailangan ko ng lisanin ang napakasakit na tagpong ito. Napakasakit talaga magmahal ng pag-aari ng iba.

"Yaya, sige na. Please? Gusto pa kasi kitang makausap, e. Alexander, help me to convince yaya." pangungulit sa akin ni Jordin Sparks. Kulit ng punyemas na 'to. Babatukan ko na 'to sa noo, e.

"Sige na, Althea. Mamaya na kayo umuwi ni Chris. Sumabay nalang din kayo sa amin ni Jeninna," pag kumbinsi naman ni Elton sa akin. Tumitig pa siya sa mga mata ko, "Please?"

Gusto ko na talagang umiyak. Gusto ko ng humagulgol at pagmumurahin si Elton sa mga

oras na 'to. Ang kapal-kapal ng pagmumukha niya na mag please pa sa akin. Hindi ba siya nakakaramdam na gusto ko nang umalis sa harapan nilang dalawa? Hindi ba niya napapansin na nasasaktan na ako na makita silang dalawa na magkasama? Hindi ba siya awareness na nasasaktan na naman niya ako?

Oo nga pala. Paano niya malalaman na masasaktan ako kung tanging pakiramdam lang ng girlfriend niya ang inaalala niya? Anong pakialam niya sa feelingness ko gayung para sa kanya isang hamak na yaya lang naman ako at tagapag-alaga ng kapatid niya?

Napalunok ako para pigilan ang sarili ko na huwag mapaiyak. "E, kasi po—"

Biglang naputol ang sinasabi ko nang may umakbay sa akin.

"Hindi siya pwedeng sumama sa inyo. May date pa kaming dalawa," narinig ko ang boses niya. Pag tingala ko nakita ko ang mukha ni Jonas na nakangiti sa akin pero iyung mga mata niya ay nag-aalala. "Kanina ko pa kayo hinahanap ni Chris, e. Andito lang pala kayo."

"Jonas?" hindi makapaniwalang sabi ni Ed Sheeran este Hayley Williams "Kasama mo pala si Yaya Althea at Chris?"

Tumingin si Jonas sa kanya, "Hi, Jen. Yap. Kasama ko sila. Date namin ngayon actually," todo ngiting sagot ni Jonas. Lumabas pa ang dimples niya. "Kayo ni Elton. May date rin ba kayo ngayon?"

"Ay, no. Nagpasama lang ako sa kanya," sagot naman nito. "Pero seriously? May date kayo ni Yaya Althea? Nililigawan mo ang yaya nila Alexander?" tumingin siya kay Elton. "Okay lang sa'yo 'yun, Alexander? Nililigawan ni Jonas ang yaya ni Chris?"

Natawa si Jonas, "Sus. Ano namang kaso 'yun kung ligawan ko ang yaya ni Chris?" tumingin siya kay Elton. "Okay lang naman, 'di ba, pre? Hindi ko naman sasaktan 'tong si Althea, e."

Napatingin kaming lahat kay Elton para hintayin iyung sagot niya. Gusto kong sabihin niya na hindi okay sa kanya na nag di-date kami ni Jonas ngayon. Gusto kong tumanggi siya sa sinabi ni Jonas. Hinihiling ko sa sarili ko na sana tumanggi siya kahit kaharap namin ang girlfriend niya. Gusto ko siyang magselos. Mag selos ka, Elton, pleaseness. Para kahit papaano mawala ang sakit sa dibdib ko.

Pero, kapag umasa ka, masasaktan ka lang talaga. Hindi tumanggi si Elton. Inakbayan niya pa ang girlfriend niya sa harapan namin—sa harapan ko. Saka siya ngumiti.

"Oo naman. Wala namang kaso sa akin iyun. Alam ko namang matinong lalaki yang si Jonas. Hindi niya sasaktan si Althea," nakangiti niyang sagot sa girlfriend niya. "Kaya, pre. Umayos ka, ah. Babasagin ko mukha mo kapag sinaktan mo si Althea." naging seryoso ang mukha ni Elton.

Biglang nanlambot ang tuhod ko sa sinabi ni Elton. Gusto ko ng umiyak. Wala talaga siyang pakialam kahit may ibang lalaki akong kasama ay may ka-date. Wala talaga siyang pakialam sa akin kahit kaunti man lang. Napapagod na akong masaktan. Gusto ko ng ilabas ang mga luha ko.

Pero bago pa ako simulang umiyak, naramdaman kong pinisil ni Jonas ang braso ko. Para niyang pinaparamdam sa akin na andito lang siya sa tabi ko at hindi niya ako hahayaang mag-isa.

"Huwag ka mag-aalala, pre. 'Di ko siya sasaktan. Iyun ang least na gagawin ko sa kanya. Ang saktan siya," tumingin si Jonas sa akin sabay kay Elton.

Nanatiling seryoso ang mukha ni Elton. Nagagalit ba siya? Ha! Baka trip niya lang mag seryoso?

"Teka, we're too serious here." biglang entrada ng girlfriend ni Elton. "Sama pala kayo bukas."

"Where?" sagot ni Jonas.

"Mag swimming kami ni Elton. Masyadong boring naman kung dalawa lang kami." nakangiting saad ni Jessie J. "Sama kayo ni Yaya Althea."

"Sure," pag sang-ayon ni Jonas. Tapos binuhat niya si Chris, "Sige, bukas nalang. I'll call later para kung anong plano. Mauuna na kami ni Althea. Marami pa kasi kaming pupuntahan."

Naramdaman kong hinawakan ni Jonas ang kamay ko, "Tara na?"

Napatango ako saka siya binigyan siya ng matipid na ngiti. Tumingin ako sa girlfriend ni Elton.

"Mauuna na kami, ma'am. Enjoyness sana kayo sa date ni Sir Elton," sabi ko saka ako tumingin kay Elton. "Sir, una na kami. Enjoyness po sa date niyo ni ma'am."

Tumalikod na kaming dalawa ni Jonas at nagsisimula nang lumakad palayo kay Elton at sa girlfriend niya. Nakakailang hakbang palang kami nang marinig kong tinawag ni Elton ang pangalan ko.

"Althea!"

Otomatiko akong napahinto sa paglalakad at ganun din si Jonas. Sabay kaming napatingin kay Elton. Nang magtama ang paningin namin ni Elton seryoso lang siyang nakatingin sa akin. Hindi ko mawari kung anong gusto niyang sabihin. O, baka naman gusto niya lang ipakita sa akin na magkahawak na naman sila ng kamay ng girlfriend niya habang nakangiti ito sa akin?

"Bakit, sir Elton?"

Napailing si Elton, "Mag-ingat kayo sa pag-uwi."

Ngumiti ako, "Salamat, sir Elton. Kayo rin." huli kong sinabi saka na ako tumalikod at muling naglakad. Hindi ko na kasi makaya iyung nakikita kong ibang kamay ang hawak-hawak ni Elton.

Hindi nagsasalita si Jonas. Tahimik lang kaming dalawa na naglalakad habang buhat-buhat niya si Chris. Si Chris naman nakatingin lang sa akin. Mukha siyang naaawa sa akin. Kahit bata pa siya, alam niya na kaya ang nangyayari? Alam niya kayang muli na naman akong nasaktan ng kuya niya? Alam kaya ni Chris na gusto ko na namang umiyak? Mag split? Mag bending?

Nakarating kami sa parking lot kung nasaan naka-parkness ang kotse ni Jonas. Pagbaba niya kay Chris bigla akong niyakap ni Chris. Wala siyang sinasabi kasi nga di ba feelingness pipi pa rin siya hanggang ngayon? Pero iyung pagmamahal sa akin ni Chris agad kong naramdaman nang dahil sa yakap niya at kahit papaano nabawasan ang sakit na nakatanim ngayon sa dibdib ko.

Pumasok sa loob ng kotse si Chris habang kaming dalawa ni Jonas 'e nananatiling nasa tapat ng kotse niya. Sumandal ako sa kotse niya at ganun din ang ginawa ni Jonas. Minsan talaga gaya-gaya si baby suman. Mabuti nalang guwapo siya kaya 'di ako naiinis sa kanya.

"Salamat, Jonas." paninimula kong pagsasalita.

Tumingin si Jonas sa akin na parang naguguluhan, "Para saan?"

"Para sa kanina. Sa pag suporta kahit gustong-gusto ko ng umiyak. Pinagtakpan mo ako at binigyan ng suporta. Kung 'di ka biglang sumulpot baka napaiyak nalang ako sa harapan nilang dalawa," sagot ko. "Ang sakit-sakit pala talaga."

"Ganyan din ang nararamdaman ko noon," tugon ni Jonas habang nakatingin sa harapan namin. "Sa tuwing nakikita ko silang dalawa na magkasama para akong pinapatay. Wala na kasing mas sasakit pa kapag nakikita mo ang taong mahal mo na nagmamahal ng iba. Pero kaya mo 'yan, Althea. Ako nga nakaya ko, e. Ikaw pa kaya? Malakas kang tao."

"Malakas nga akong tao pero hanggang kailan kaya ako magiging malakas? Minsan, nakakapagod nang mapanggap na malakas, e. Ito ang mahirap kapag pinapakita mo sa ibang tao na malakas ka. Akala nila okay lang na masaktan ka kasi nga malakas ka. Iisipin nila na 'di ka masasaktan. Hindi nila alam na may hangganan din ang pagpapanggap natin,"sabi ko "Alam mo kanina nang makita ko silang dalawa na magkasama? Naisip ko na pwede na pala akong maging artista."

Natawa si Jonas, "Bakit naman?"

"Kasi ang galing kong umarte na hindi ako nasasaktan. Naipakita ko kay Elton na iyung nakita ko, hindi nakaapekto sa akin. Nakaya kong ngumiti sa harapan nilanmg dalawa kahit na itong puso ko mula sa loob nang dibdib ko 'e ilang beses na namang winasak ni Elton." pag ku-kwento ko. "Nakakainis lang si Elton, Jonas. Gusto niya pa akong sumama sa kanila ng girlfriend niya na kumain. Hindi ba siya nakakaramdam na nasasaktan na ako? Gusto niya pa talaga akong lalong masaktan habang nakikita silang dalawa?"

Biglang may nilabas si Jonas sa bulsa niya, "Huwag ka na malungkot. May ibibigay nalang ako sa'yo."

"Ano naman?" tanong ko. Saka ipinakita ni Jonas iyung nilabas niya sa bulsa niya. "Hala? Paano mo nakuha iyan. Ninakaw mo iyan sa Play Zoned?" gulantang kong tanong nang makita ko iyung kwintas na may palawit na bisekleta na hawak ni Jonas.

"Haha. Grabe ka. Ninakaw talaga? Binili ko 'to. Sabi ko, 'di ba, mag banyo ako? Pero ang totoo binalikan ko ito sa play zoned kanina. Ayaw pa nga ibenta sa akin 'nung babae dahil ticket lang daw ang kailangan pero 'di siya nakatanggi sa kagwapuhan ko," natawa si Jonas.

"Pero, paano mo nalaman na gusto ko iyan?" nagtataka kong tanong.

Ngumiti ulit siya. Lumabas na naman tuloy ang dimples sa magkabila niyang pisngi.

"Kapag gusto mo ang isang tao, malalaman mo agad ang gusto niya. Malalaman mo agad ang feelings niya kahit 'di siya nagsasalita o hindi niya sinasabi sa'yo," sabi ni Jonas. "Talikod ka."

"Bakit? Napapangitan ka ba sa akin?"

"Haha. Hindi. Isusuot ko 'tong kwintas sa'yo."

"Ahh. Akala ko napapangitan ka sa akin, e." saad ko saka tumalikod ako.

Isinuot sa akin ni Jonas yung kwintas.

"Ayan, bagay sa'yo. Sa tuwing nalulungkot ka o nasasaktan, hawakan mo lang 'yang kwintas." tugon ulit ni Jonas "Isipin mo lang palagi na may isang Jonas sa mundo na kahit anong mangyari, hinding-hindi ka iiwan. Isang Jonas na handa kang damayan sa lahat ng oras. At isang Jonas na handa kang mahalin sa paparaang hindi man gaya ni Elton, pero sa sarili niyang paraan."

"Jonas, may sasabihin ako sa'yo."

"Ano iyun?"

"Korni mo sa part na iyan." sabi ko saka kaming nagtawanan dalawa ni Jonas.

Mag aalas-nyebe na kami nakauwi ng mansion ni Chris dahil sa dami pa nang pinuntahan namin kasama si Jonas. Kung saan-saan din kami nag foodtrip. Nung bandang hapon na ang huli naming pinuntahan ay iyung Star City kung saan sumakay ako ng iba't ibang rides at sumuka nang ilang ulit pagkatapos. Nahilo kasi ako ng bongga 'dun sa ibang rides. Pakiramdam ko nga, iyung bituka ko umabot na sa baga ko kanina habang nakasakay kami sa rides.

Superness ang enjoyness ko ngayong araw sa date namin ni Jonas kasama si Chris. Kahit papaano, nakalimutan ko iyung eksena na nangyari sa mall. Nakalimutan kong nasaktan ako pero hindi pa rin makalimutan ng puso ko kung gaano ko kamahal si Elton.

Ang hirap talagang limutin ang pagmamahal mo sa isang tao kahit ilang beses ka na niyang nasaktan, 'no? Wala talagang hangganan ang pagiging tanga ng puso ng isang tao. Hay nako.

So anywayness, dahil nga gabi na, sa gate nalang kami ng mansion hinatid ni Jonas. Hindi na niya ipinasok sa loob 'yung sasakyan niya dahil masyado ng abala sa kanya. May trabaho pa pala siya kinabukasan. Todo pasalamat ako kay Jonas dahil sa araw na 'to at pati na rin sa kwintas.

Si Chris naman as usualness batugan pa rin. Napagod ang batang pipi sa gala namin ngayong araw kahit na asungot lang siya. Tulog na siya kaya buhat-buhat ko na siya.

Pag pasok namin sa loob ng mansion, naabutan ko si Elton na nakaupo sa may sala at nagkakape kaya nagulat ako. Hindi pa rin siya nagbibihis. Iyung damit niya kanina nang magkita kami sa mall, ito pa rin ang suot niya hanggang ngayon. Seryoso itong nakatingin sa akin na parang kanina pa siya naghihintay. Wait—teka, hinihintay ba niya ako? Porong hondo nomon.

Tumayo si Elton.

"Bakit ngayon ka lang?" seryoso niyang tanong sa akin. Iyung mga mata niya halatang galit.

"Kasi hindi kanina," pilosopo kong sagot sa kanya habang naglalakad.

"Hindi mo ba alam kung anong oras na? Dis-oras na ng gabi!" sagot niya habang nakasunod sa paglalakad ko.

"Alam ko," muli kong tugon. "Tingin mo sa akin walang relo? Lovelife lang wala sa akin pero may relo ako, 'no! Echosero ka."

Mukhang naiinis na si Elton sa mga sinasabi ko pero wala akong pakialam. Mas binilisan ko ang paglalakad ko papunta sa kuwarto ni Chris para maihiga na siya sa sarili niyang kama. Nang makapasok ako sa kuwarto ni Chris agad ko itong ni-lockness para 'di makapasok si Elton. Wala akong panahon makipag-usap at makipag-plastikan sa kanya ngayong gabi.

Badtrip ako sa kanya kaya baka 'di ko siya matancha at masuntok ko siya at mahalikan. Kaya bago ko pa gawin iyun ako na mismo ang iiwas. Tulad ng pag-iwas niya sa akin na mahalin niya ako.

Inihiga ko na si Chris sa kama niya saka tinanggalan ng sapatos. Ang himbing na ng tulog niya. Ang sarap tuloy niyang takpan ng unan sa mukha. Charot.

Nagpalipas muna ako ng ilang minuto bago ako lumabas ng kuwarto ni Chris. Pinagdadasal ko na sana wala na si Elton dahil nga ayoko siyang makausap. Pero sa kasamaang palad, consistentness ang kuya niyo. Nasa labas pa rin siya ng kuwarto ni Chris at hinihintay ako. Nagtatangis ang bagang niya at halatang galit siya. Ano naman ang kinakagalit ng walangyang 'to?

"Mag-usap tayo!" sabi ni Elton nang lampasan ko siya.

"Wala tayong dapat pag-usapan. Kung gusto mo makipag-usap, kausapin mo abogado ko dahil snob ako sa personal!" sagot ko.

"Wala ka namang abogado." tugon niya.

"Edi, wala kang makakausap. Bobo mo."

Tuloy-tuloy lang ako sa paglalakad at pag-iwas kay Elton pero napatigil ako nang marinig ko ang sunod niyang sinabi. Biglang nag pantig ang mga tainga ko nang dahil sa sinabi niya.

"Sa susunod na lalandi ka, pwede bang huwag mong idamay ang kapatid ko? Inaabot ka sa dis-oras ng gabi para lang lumandi? God, I can't believe you, Althea." seryosong pagsasalita ni Elton kaya napatigil ako sa paglalakad "Hindi mo ako nakuha kaya si Jonas naman ang lalandiin mo? Ganyan ka ba ka-desperada sa mga lalaking taga-maynila? Kailangan mo talaga makakuha ng isa? Para ano? Para pag uwi mo sa probinsya niyo may maipagmamalaki ka? Na nakabingwit ka ng lalaking mayaman? Hindi mo ako makuha kaya kaibigan ko naman ang tinatarget mo?"

May bumara na naman na kung ano sa lalamunan ko dahil sa sinabi ni Elton. Iyung mga salitang pinukol niya sa akin nagmistulang matulis na bagay na bumaon sa puso ko. Hanggang kailan niya ba ako gaganituhin? Hanggang kailan niya ba ako sasaktan hanggang sa tumigil na siya?

Dahan-dahan kong hinarap si Elton. Iyung slow-motion para edi wow boom panes ang speechness ko. Nang magtama ang mga mata naming dalawa kitang-kita ko ang galit

niya sa akin. Sana lang din nakikita niya na nasaktan ako sa mga masasakit niyang paratang sa mga diyosa ng suman.

"Nung sinabi mong mukha akong pera, pinalampas ko iyun. Nung pinatulog mo ako sa bodega kahit na ang dami namang kuwarto dito sa mansion, pinalampas ko rin. Nung ginawa mo akong janitress sa kumpanya niyo, narinig mo ba akong nagreklamo? Hindi. Kasi pinalampas ko rin iyun. Nung sinabi mong gusto mo ako pero 'di mo ko kayang mahalin, pinalampas ko rin. Inintindi kita," pagsasalita ko. Nakikinig lang si Elton sa akin.

Kahit nahihirapan na akong magsalita dahil iyung luha ko 'e babagsak na pinilit ko pa rin. Gusto kong mailabas ang sama ng loob ko kay Elton ngayon.

"Nung pinakilala mo ako bilang yaya ni Chris sa girlfriend mo, okay lang sa akin. Hindi ako nagreklamo sa'yo kanina. Kung tutuusin, may karapatan naman ako, 'di ba? Pero hindi mo ako narinig na nagsalita. Kasi ayokong ipahiya ka sa harap ng girlfriend mo. Tapos ngayon, sasabihin mo na nilalandi ko si Jonas dahil lang hindi kita nakuha? Elton, ganyan ba kababa ang tingin mo sa akin?" tumulo na ang luha ko dahil sa sobrang awa ko sa sarili ko. "Iniisip mo na nilalandi ko siya dahil lang hindi ako nagtagumpay na landiin ka? Elton, hanggang kailan mo ba ako sasaktan para lang ma-satisfy ka? I don't deserve this kind of pain. Damn it, Elton Alexander. Daaamnnnnnn it!!"

Huli kong sinabi saka na ako nag walk-out paalis sa harapan ni Elton at dumiretso sa kuwarto ko para mag impake. Hindi ko na kaya. Aalis na ako sa mansion na 'to. Kapag nagtagal pa kasi ako rito, tiyak si Elton ang makakapatay sa diyosa ng mga suman.

I cannot.

==========

Chapter 42

Hello! Sorry kung 'di nakapag-update. Kauwi ko lang kasi ng bahay. Alam niyo na. Pornstar kasi ako. Maraming customer. HAHAHA JK! Comment, please. Para mag update ulit ako bukas ng gabi. Thanks, students! :)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC

Chapter 42.

Simple lang naman akong babae. Simpleng maganda. Simpleng magaling mag-english. Simpleng plastic at snob sa personal ng taon. Simpleng malakas ang charisma pagdating sa mga boys at simple lang din ang nais sa buhay. Gusto ko lang naman sana ay iyung tumawa na walang inaalalang problema. Ngumiti na walang tinga sa ngipin—este ngumiti na hindi nasasaktan at mabuhay na hindi na lumuluha. Iyun lang naman sana ang hangad ko sa buhay. Kahit hindi na yumaman. Basta maging masaya lang ako ayos na.

Pero iyun mga simpleng nais ko noon ay imposible nang matupad ngayon. Iba na kasi ang buhay ko sa ngayon kaysa noon. Hindi ko inaakalang darating pala ang punto sa buhay ko na kung anu-anong masasakit na salita ang matatanggap ko na neverness kong narinig mula sa mga kapitbahay ko noon sa probinsiya. Masasakit na salitang pinupukol sa akin na 'di ko naman ginagawa.

Noong nasa probinsya ako neverness akong tinawag ng mga kaplastikan kong kapitbahay namin na mukhang pera at malandi. Palagi lang nila akong tinatawag na plastic at snob sa personal which is trueness naman talaga. Kadalasan din ang tawag nila sa akin ay pretty o di kaya naman ay ganda. Altheang Maganda saka Magandang Althea. Ganun lang. Ang prettyness ko, 'di ba?

Tapos itong bwisit na Elton na matambok ang pwetan na'to tatawagin akong mukhang pera? Ha? Kung mukhang pera ako edi sana mukha ko na ang nakalagay sa pera. Kung mukhang pera ako edi sana nakalagay din ang mukha ko sa limang-daan. Kung mukhang pera ako edi sana binili ko na si Elton, pati mga kaibigan niya, at itong buong mansion ng mga falcon.

Malandi raw ako. Punyeta lang talaga, 'di ba? Tinawag niya akong malandi kasi sa paningin niya 'e nilalandi ko si Jonas. Nilalandi? Ha? Elton, utang na loob. Mag hunos dili ka sa mga sinasabi mo. Kung malandi ako at nilalandi ko si Jonas, edi sana sinagot ko na siya mismo ngayong araw. Pero hindi ko ginawa, 'di ba? Nagpaka-hard to getness ako. Iba ang malandi sa maganda, Elton. Ano ba?

Besideness, kung malandi ako, matagal na akong naka-move on sa kanya. Pero hindi. Hanggang ngayon nahihirapan pa rin ako at nasasaktan dahil sa punyemas na pagmamahal ko sa kanya. Anong karapatan niyang sabihin niyang malandi ako por que kasama ko si Jonas? Hindi ako malandi. Maganda lang ako. Magandang dilag na nagpapakatanga sa kanya kasi kahit sinasaktan na niya ako, hindi ko pa rin magawang itigil itong pagmamahal ko sa kanya.

Hindi ko na talaga kaya si Elton. Hindi ko na siya kinakaya sa mga ginagawa niyang pananakit sa akin. Kapag nanatili pa ako rito sa mansion tiyak mamamatay na ako. Kaya bago pa mangyari iyun aalis na ako rito. Kiber sa sasabihin ni Lolo Andres. Care bear ko sa mga kaplastikan kong tao na maiiwan ko rito. Panahon na para sarili ko naman ang isipin ko.

Panahon na para lumayo at bumalik sa probinsyang pinanggalingan ko. Kailangan ko

nang bumalik dun para ayusin ang puso kong nawasak nang ilang ulit simula nang dumating ako rito. Panahon na para ibalik ko iyung dating ako na nawala nang mahalin ko si Elton.

Kapag kasi hindi ko ito gagawin, walang mangyayari sa akin. Walang tutulong sa akin. Because in reality, no one will help you but yourself, alone. English iyan. Pwede niyong pang-GM o pang tweet.

Inikot ko ang mga mata ko sa buong kuwarto ko na bodega naman talaga ng mansion. Kakatapos ko lang isilid sa dalawa kong maleta iyung mga damit ko. Napapaisip naman ako ngayon kung anong pwede kong nakawin sa mansion na 'to para iuwi dun sa probinsya.

Ito kayang kama? Maganda ito sa kusina sa kubo, e. Para kapag napagod ako mag dingas ng uling na lulutuan, diretso tulog na agad ako. Galawang batugan lang. Uhm. Ito rin kayang cabinet? Pwede kong itago sa lumang cabinet na ito ang pagmamahal ko kay Elton na ayaw ko ng maalala.

Hindi na nga pala ako natulog kagabi. Abala kasi ako sa pag-iyak at pag-iinarte. Nasaktan kasi talaga ako ng lubos sa sinabi ni Elton. Paulit-ulit iyun naaalala ng maliit kong utak kaya 'di ko na nagawang mag beauty restness. Nang sumapit tuloy ang araw nag simula na akong mag-impake. Aalis na kasi ako mamaya at lilisanin ko na itong bahay ng mga uwak.

Hu u kayong lahat sa akin pag-alis ko rito.

Lalo na iyang Elton na iyan, naku. Kapag ako naging artista huwag na huwag siyang pupunta sa mall shows ko o fans day ko. Hindi ko kasi siya papansinin dun.

Wala si Dudong at Dudang ngayon dito sa kuwarto ko. Malamang dun sila natulog kay Elton. Kukunin ko rin sila at isasama pauwi ng probinsya. Hindi ko sila iiwan sa ama nila, 'no. Ipaglalaban ko ang kostodiya nila kay Elton. Ako dapat ang mag-aalaga sa kanila. At kung si Elton man ang piliin nila kaysa sa akin. Aba, hindi maaari iyun. Gagawin ko nalang silang BBQ. Ako dapat ang makinabang sa kanila at hindi si Elton.

Natapos na akong mag-impake kaya kinuha ko na iyung dalawa kong maleta saka binuhat. Ang bigat nitong mga maleta ko dahil hindi lang puro damit ko ang nilagay ko rito. Nagnakaw din kasi ako ng boxer ni Elton. Wala lang. Bilang alaala lang.

Pag dating ko kasi sa probinsya ipapakulam ko siya. Sasabihin ko dun sa ninang kong nangungulam na paliitin ang pututoy ni Elton at gawing flat ang pwetan niya. Tignan nalang natin kung 'di ma-stressness si Elton. Hahaha.

Paglabas ko ng kuwarto ko naglakad na ako sa hallway nang mansion. Pagdating ko sa may dining area naabutan kong kumakain iyung tatlong magkakapatid na falcon. Aba, himala. Kailan pa nagsimulang magsabay-sabay mag-almusal sila Klode at Klyde? Okayness na ba sila? Tanggap na ba ni Klyde na badinggersi ang kakambal niya?

Kasama rin nilang kumakain si Elton na bwisit ng buhay ko pero number 1 sa puso ko. Naka-boxer at sandong itim lang si Elton. Hay. Kaswerteng upuan. Sinasalo niya kasi iyung matambok na pwetan ni Elton. Ugh. Galit nga pala ako kay Elton. Ba't ko sinasamba ang perpekto niyang pwetan ngayong umaga?

Pero sana naging upuan nalang ako. Para naman ma-feelness ko ang pwetan ni Elton.

Napatingin silang tatlo sa akin pero inirapan ko lang sila. Dire-diretso lang ako sa paglalakad papunta sa may lamesa at umupo. Umupo ako sa tabi ni Elton. Inilapag ko sa gilid ko iyung mga maleta ko.

"Saan ka pupunta, Althea? Bakit dala-dala mo mga maleta mo?" tanong sa akin ni Klode. Napatingin si Klyde at Elton sa akin para siguro hintayin ang sagot ko.

"Uuwi na ako sa probinsya namin," kaswal kong sagot sa kanya habang kumukuha ng kanin at ulam. Kailangan kong kumain ngayon dahil matagal-tagal ang byahe ko mamaya.

"What?" gulat na sagot ng hindot "Ngayon ka aalis?"

"Bukas. Bukas ako aalis," pambabara ko sa kanya "Malamang. Ngayon. Ngayon ko dala-dala mga maleta ko, e. Mukha naman akong tanga kung bukas ako aalis pero buhat-buhat ko na mga maleta ko. Ano, shunga lang? Prettyness ako pero 'di ako tanga. Tanga na ako para sa isang tao diyan kaya kailangan nang tumigil."

"Teka, ba't aalis ka?" naalarma si Klode. "May problema ba?"

"Aalis ka ba dahil sa akin?" sumabat si Klyde "You'll leave because of what I did?" pagmumura niya sa akin pero pansin ko ang kalungkutan ni Klyde sa boses niya.

"Minumura mo ba'ko?" sagot ko kay Klyde habang dinuduro siya ng tinidor.

"No. I mean," napatigil siya "Youness willness leaveness becauseness ofness whatness Iness didness?" pag e-english niya sa akin na agad ko namang naintindihan kasi nga best of english ako.

Napangiti ako, "Hindi, 'no. Hindi ako aalis dahil dun," sagot ko "Klyde, masama iyung ginawa mo. Alam ko ring pinagsisihan mo na iyun. Kaya pinapatawad na kita." bukal sa loob kong sagot "Minsan kasi kailangan mong patawarin ang isang tao kahit hindi pa siya humihingi ng tawad. Hindi dahil masyado kang mabait. Kundi dahil para sa ikakatahimik ng puso't utak mo. Mahirap kayang magtanim ng sama ng loob lalo na't wala ka namang lupa, 'di ba?"

Ngumiti si Klyde. Guwapo talaga ng lalaking 'to.

"Pero, Althea. Bakit ka aalis?" muling tugon ng hindut na bayut "Alam ba ito ni Lolo? How about Kuya Elton?" tumingin siya kay Kuya niyang paasa "Kuya, alam mo ba 'to? Okay lang na umalis ng mansion si Althea? How about us? How about Lolo? E, si Chris? Kuya, malapit ang loob ni Chris kay Althea. I'm sure na babalik na naman sa dati si bunso kapag nawala si Althea rito."

"Klode," pagtawag ko "Saan ako nag-aral ng high school?"

"Sa PABEBE high school." sagot niya.

"Sa PABEBE, 'di ba? So, alam mo na...?"

"Na walang makakapigil sa'yo?" saad niya kaya napatango ako "E, kasi naman, Althea. Kuya, make her stay. Ayokong umalis ng mansion si Althea. Please, Kuya." tumingin sa akin si Klode at nagmakaawa. "Please, Althea. Huwag kang aalis."

Parang bata si Klode na nagmamakaawa sa akin. Kumirot tuloy ang puso ko dahil napalapit na ang loob ko sa kanya. Mahirap naman talaga na umalis sa mansion na 'to dahil naging malapit na silang lahat sa akin. Pero kailangan kong gawin ito. Kailangan kong lumayo kung saan wala si Elton. Kung saan wala ang lalaking dumudurog sa puso ko kahit hindi naman ito paminta.

"Althea," pagtawag ni Elton sa akin. Malumanay ang boses niya pero hindi ko siya tinignan. "Bakit ka aalis? Kung dahil ito kagabi—"

"Wag mo kong kausapin. Sinabi ko na sa'yo kung gusto mo akong kausapin, harapin mo ang abogado ko." pambabara ko sa kanya.

"E, wala ka namang abogado, e." sagot naman ni Elton.

"Edi wala kang haharapin. Vuvu much sa umaga." tugon ko "Kukunin ko rin pala si Dudong at Dudang. Hindi ko siya iiwan sa'yo. Ayokong iwan ang mga anak ko sa'yo dahil tiyak sasaktan mo rin sila. Tama na iyung nanay nila ang sinaktan mo dahil kaya kong tiisin lahat ng iyun. Pero kung pati ang mga anak ko 'e idadamay mo. Ibang usapan na iyun."

Biglang napatayo si Elton. Dahil nakaupo pa rin ako tumambad tuloy sa harapan ko iyung bukol sa boxer niya na hulang-hula. Bago pa tuluyang lumandi ang utak ko, iniwas ko na ang paningin ko.

"Kukunin mo sila? Bakit? Ikaw lang ba ang magulang ni Dudang at Dudong, Althea?" napataas ang boses ni Elton. Halatang nainis siya sa sinabi ko. "Alam mo, Althea, ang unfair mo, e. Ang unfair-unfair mo. Dahil lang sa nangyari kagabi kaya ka aalis? Dahil lang dun kaya mo ilalayo si Dudang at Dudong sa akin? You're so unfair!"

Napatayo rin ako at hinarap si Elton, "Me? Unfair? Did you hear yourself, Elton?"

pag e-english ko. Ramdam kong nagulat ang kambal dahil bigla akong napa-english. Kahit din naman si Elton. "I'm not being unfair here, Elton. I am just being fair to myself. I was hurt too much. You hurt me too much. It's time to protect myself so I chose to leave. Now, if you will not give the custodies of my child—este of my piglets. Then, see you in court."

"Woah!" napa-woah si Klode. "Althea, totoo ba 'to? Nag-english ka? Paano? Paano ka natuto?"

"Of course," nakangiti kong sagot sa kanya "Paano ako natuto? Simple lang. Kapag kasi nasasaktan ang isang tao nakakagawa siya ng isang bagay na 'di niya palaging nagagawa."

"Like what?" english na tanong naman ni Klyde.

Binalingan ko si Klyde ng tingin, "Like moving forward and forget everything. Once you get hurt, Klyde, you have to move forward. You have to left behind those things and person that hurt you."

"Hindi ako makakapayag na aalis ka ng mansion!" pagsingit ni Elton. May finality sa boses niya.

Tinignan ko si Elton, "What made you think na mapipigilan mo ako?"

"Hindi ka aalis dito dahil mahal mo ako, 'di ba?" sabi niya na parang sure na sure siyang mahal ko siya. Ang kapal talaga ng mukha ng Elton na 'to.

Sarkastiko akong natawa, "Love? Ano iyun? Nakakain ba iyun?" sabi ko "Elton, I loved you. Loved. With letter D in the end of root word. Meaning, past na. I'm in the process of moving on."

Napangisi ang walangya, "Hindi ka ganun kadaling makakamove-on sa akin. Hindi madaling kalimutan ang pagmamahal mo para sa isang tao."

Napangisi rin ako. Akala niya magpapatalo ako?

"Hindi nga ganung kadali limutin ang pagmamahal, Elton. Pero kapag nasaktan ka nang ilang ulit, pwede kang magsawa. Pwedeng sumuko ang puso. Pwedeng iyung pagmamahal na iyun ay mapalitan ng galit. Walang forever, Elton. Hindi kita forever mamahalin at hindi ako forever magpapakatanga sa'yo." saad ko. "Kaya, hindi mo ako mapipigilan."

Natahimik si Elton habang titig na titig sa akin. "Ano bang kailangan kong gawin para lang manatili ka, Althea? Hindi ka ba naaawa kay Chris? Ano nalang ang mararamdaman niya kapag umalis ka. Baka bumalik na naman siya sa dati." naging malungkot ang boses ni Elton.

"None," tugon ko "I don't need anything from you because you already gave me false hope. And that false hope was the worst thing that you ever gave me."

"Shit. English again." rinig kong sabi ni Klyde.

"Grabe. Hugot. The feels." sabi naman ni Klode.

Tinignan ko silang dalawa, "Ang galing ko ba? Wala ba kayong mga kamay diyan?"

"Meron!" sabay nilang sagot saka sila nag palakpakan dalawa. "Woooo! Galing ni Althea!"

"Thank you!" sagot ko sa kanila saka nag flips hair pa.

"Hindi ka aalis dito!" muling sabi ni Elton. "Wala ka namang pera!"

"E, ano kung wala akong pera? Papautangin naman ako ni Klode," tumingin ako kay Klode "Di ba, Klode papautangin mo ako?"

"Magkano ba?" sagot ng hindut.

"Brent Klode!" sigaw ni Elton.

"Isang libo lang," sabi ko.

"Aww. Wala pala akong pera, Althea. Sorry."

"Walang pakinabang!" inis kong sagot. "Ikaw, Klyde? Pautang. Limang-daan lang."

"Subukan mo, Brylan Klyde." pananakot naman ni Elton.

"Ano ba, Elton? Huwag mo nga silang takutin!!" napasigaw na ako "Nakakainis ka naman, e. Ayoko na nga manatili sa mansion na 'to, e. Ayoko na. Suko na ako. Suko na ang puso ko sa'yo!"

"Tingin mo hahayaan kitang sumuko?" inis na rin si Elton. "Ano bang gusto mong gawin ko para lang manatili ka sa mansion na 'to? Ano bang gusto mo para lang 'di ka umalis?"

"Anong gusto ko? Gusto kita, Elton!" sigaw ko na kinagulat niya. "Gusto kita. Gusto kong hiwalayan mo si Emma Watson! Gusto kong maging akin ka. Kapag ginawa mo iyan, mananatili pa rin ako." sabi ko kaya napatigil si Elton. "O, ano kaya mo ba?"

"You know I can't do that. Huwag kang unfair, Althea. That's too much."

"Unfair? Too much? Elton, ikaw ang unfair sa ating dalawa. You don't want me to be with you yet you don't want me to be with someone else either. Gusto mo akong manatili sa mansion na 'to at patuloy mong saktan pero ayaw mo namang hiwalayan si Amanda Seyfried." naiiyak na naman ako "Elton, why are you so unfair? Why it does so fucking unfair?"

Nanahimik silang tatlo. Kahit si Klode at Klyde 'di nakapag-react. Siguro ramdam nilang seryoso na ang sitwasyon ngayon at nasasaktan ako. Sana alam nila kung gaano ako nasasaktan ngayon dahil sa kuya nila. Sana alam din ni Elton na hindi ko gustong umalis pero wala akong ibang magawa kundi umalis nalang. Kailangan kong hanapin ang sarili kong nawala mula nang mahalin ko siya.

"Sorry," napapikit si Elton. "I'm really sorry."

"Tangina naman, Elton. Sorry na naman. Sorry na naman ang lumabas sa bibig mo? Sorry dahil nasaktan mo ako? Sorry dahil hindi mo kayang iwan si Lana Del Rey? Sorry dahil okay lang sa'yo na masaktan ako?" tanong ko "Sorry din, Elton. Sorry dahil hindi ko na kaya. Hindi ko na kayang magtiis sa'yo. Suko na ako. Ayoko na. Sawa na ako, Elton. Kaya, please. Let me go."

Napatitig sa akin si Elton. Kita ko ang awa niya sa akin. Nakikita kong nahihirapan din si Elton pero mas nahihirapan ako. Napatingala siya ng ilang segundo saka muling tumingin sa akin.

"I'm so sorry but I won't let you go," huling sinabi ni Elton saka siya naglakad papunta sa gilid ko. Akala ko kung anong gagawin niya pero kinuha niya lang pala iyung dalawa kong maleta.

Hindi agad ako nakapag-react sa ginawa niya hanggang makalakad na siya palayo sa akin. Nang bumalik na sa wisyo ang utak ko saka ko na siya hinabol sa paglalakad. Nasa taas na agad siya ng hagdanan kaya tumakbo na ako.

"Hoy! Bwisit ka. Akin na nga iyang mga maleta ko!" sigaw ko sa kanya habang nakasundo.

"No!" tigas ulo niyang sagot. "Hindi ka aalis!"

"Ano ba? Akin na nga iyan! Kinuha mo na nga ang puso ko't winasak nang ilang ulit tapos pati maleta ko kukunin mo pa? Kapal apog, ampota!"

Mas lalong binilisan ni Elton ang paglalakad kaya binilisan ko rin.

Pero huli na ako at 'di ko na siya nahabol. Nang makapasok kasi siya sa kuwarto

niya bigla niya itong ni-lock. Ipinasok niya dun ang mga maleta ko.

"Hoy! Akin na nga iyan!!" sigaw ko habang dinadabog ang pintuan ng kuwarto niya. "Ano ba, Elton Alexander. Bring back my luggages! Akin na iyan. Baka pati iyan itulad mo sa puso ko. Baka sirain mo rin sila. Akin na! Utang na loob."

Pero ang walangya 'di nagpatinag. Nakasarado pa rin ang pintuan niya.

"Ano ba, Elton? Nakakasakit ka na talaga ng damdamin. Hanggang kailan mo ba ako sasaktan?" hindi ko na napigilan ang sarili ko't napaiyak na ako sa sobrang sama ng loob. "Palagi mo nalang akong ginaganito. Pinapahirapan. Ayoko ng ganito, Elton. Loving someone supposed to be a happy moment. Hindi ganito. Hindi iyung nasasaktan nalang ako."

Napaupo na ako sa tapat ng pintuan ng kuwarto ni Elton at umiyak-iyak nalang.

Habang umiiyak biglang bumukas ang pintuan. Akala ko si Elton ang lalabas pero hindi pala. Si Dudong at Dudang ang lumabas.

"Oink! Oink!" sabi ni Dudong. Ang arte ko raw.

"Oink! Oink!" tugon naman ni Dudang. Madrama raw ako ng taon.

"Leche kayo," sabi ko sa kanila. "Dun nga kayo. Mga biik na 'to."

Napatingala ako nang makita ko si Elton na nakabihis pang-alis na. Mukhang aalis siya. Saka ko naalalang mag su-swimming nga pala sila ng girlfriend niya ngayon.

"Akin na mga maleta ko," pagmamakaawa ko.

"No," tugon na naman niya. Gustong lumambot ng puso ko dahil naamoy ng ilong ko ang pabango ni Elton. Grabe ang bango. "Aalis tayo."

"Ha?" gulat kong sagot. "Di ba, may lakad kayo ng girlfriend mo?"

Hindi ako sinagot ni Elton. Nilabas niya lang cellphone niya sa bulsa niya tapos nag dial.

"Hello, Jen?" sabi niya sa cellphone niya. Sinong Jen iyan? "I-resched nalang natin yung swimming ngayon. . . Yes, may important akong pupuntahan. Yap, sorry. Okay, thanks." tapos pinatay na ni Elton ang tawag gaya ng pagpatay niya sa puso ko.

Nakatingin lang ako kay Elton nang lumapit siya sa akin. Umupo rin siya sa tapat ko. Bangong-bango na naman tuloy ang malandi kong puso sa katawan ni Elton.

"Ayan, free na ako." sabi niya saka ngumiti. "Saan mo gustong pumunta? Kahit saan. You decide."

"Kahit saan?" tugon ko.

Tumango siya, "Yap. Kahit saan. Ikaw ang boss."

"Boss mapagmahal?"

Natawa si Elton, "Kahit ano. Kahit boss malupit pa." napailing si Elton saka napatitig sa akin. Nagulat ako bigla nang punasan niya ang luha sa mga mata ko habang nakatitig sa akin. "Kahit saan basta hindi ka na aalis at iiyak. It always breaks my heart whenever you cry."

"Minumura mo ba ako?" sabi ko.

"Hindi ka na nakakaintindi ng english?" gulat niyang tanong. "Pero kanina lang nakakaintindi ka, ha?"

"Kanina iyun. Galit ako 'nun, e."

Natawa na naman si Elton, "My heart wanted to explode when I saw you with Jonas. It was like my heart was tearing into tiny million pieces. I can't bear the thoughts of you being with someone else. Althea, If I could only do something. I wanted to be with you. My heart always wants to be with you. But my mind won't let me. It hurts. It fucking hurts me."

Hindi ko maintindihan iyung sinasabi ni Elton pero parang nahihirapan siya. Nakita ko sa mga mata niyang nahihirapan siya. Bakit? Bakit siya nahihirapan kahit minumura niya ako?

Biglang isinandal ni Elton ang ulo niya sa balikat ko habang parehas pa kaming nakaupo.

"Althea, please, don't leave us. Don't leave me." muli niyang pagsasalita. Naramdaman kong nabasa ang balikat ko. Tumulo ata laway ni Elton. "If you leave, I will feel the emptiness of my heart again."

"Huy!" tinapik ko ulo niya "Walang murahan, gagu."

Pinunas ni Elton yung mukha niya sa balikat ko. Pinunas niya ata laway niya. Busit na Elton 'to.

Tumingin ulit si Elton sa akin. Pansin kong medyo namumula ang mga mata niya.

"Tara na?" sabi niya saka siya tumayo. Hindi na niya hinintay iyung isasagot ko dahil bigla na niya akong hinila patayo. Pag tapos nun bigla niya akong binuhat. Iyung bridal style.

"Hoy! Ibaba mo nga ako! Kaya kong maglakad!" todo pumiglas ako. "Ano ba? Ibaba mo ako!" napahawak pa ako sa dibdib ni Elton. Shet. Ang tigas ng dibdib niya. Sana ganito rin katigas ang puso ko para kaya kong tanggihan at hindian si Elton.

"Hindi pwede. Baka umalis ka, e. Kailangan natin mag family bonding ngayon," nakangiti niyang sagot sa akin habang naglalakad kami. "Kids, bilisan niyo." sabi niya nang tumingin siya kay Dudang at Dudong na nakasunod sa amin sa paglalakad.

Family bonding daw?

Ibigsabihin, sabay namin kakainin ni Elton si Dudong at Dudang?

==========

Chapter 43

Last 17 chapters left then ba-bye Althea and Elton na. Hehehehe. Comment po!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 43.

Ganun ba talaga kapag nagmamahal ang isang tao? Darating ba talaga ang punto sa buhay niya na parang hindi na niya kilala ang mismong sarili niya? Iyung parang nang dahil sa pagmamahal na nararamdaman niya, nagbabago siya sa paraang hindi niya nagugustuhan?

Hindi maganda 'yun, 'di ba? Iyung nagbabago ka nang dahil lang sa love mo para sa isang tao. Hinding magandang tignan na bigla kang nag-iba at nakalimutan mo na iyung dating ikaw dahil lamang sa kanya. Kasi kapag nagmahal ka dapat, magbabago ka sa mabuting paraan at hindi sa paraang pati sarili mo'y hindi mo na nakilala.

Parang ngayon lang. Naguguluhan na ako sa sarili ko. Hindi ko na maintindihan ang takbo ng utak ko sa mga nangyayari at sitwasyong kinaiipitan ko ngayon. Napunta ako sa isang sitwasyon na nakakalimutan ko na iyung dating ako. Iyung dating palatawa. Palangiti. Masiyahin. Plastic. Snob sa personal. Maldita at hindi marunong makipag-usap sa iba.

Kung noon, kapag nasasaktan ako, marunong akong lumayo. Marunong akong sumuko. Marunong akong maawa sa sarili ko. Palagi ko kasing sinasabi sa sarili ko na hindi nagpakahirap ang nanay ko na iluwal ako sa mundong ito para lang masaktan ng paulit-ulit. Kaya kapag nasaktan ako noon, tama na iyun. Hindi na nauulit. Once is enough. Twice is too much. And thrice is no ice for sale.

Pero ngayon, nang dahil kay Elton, natuto akong magtiis. Natuto akong tiisin nang paulit-ulit iyung mga sakit na binibigay niya sa akin. Hinayaan ko siyang saktan niya ako ng ilang beses. Hindi ko na rin mabilang kung ilang beses niya na akong napaiyak. Lahat ng galit ko sa kanya bigla-biglang nawawala kapag nakita ko ng malungkot 'yung mukha niya. Parang itong sarili ko, mas pipiliin niyang ako nalang ang masaktan basta huwag lang si Elton.

Naiinis ako sa puso ko sa totoo lang. Itong puso ko kasi na hindi dapat winawasak ay biglang nadudurog nang dahil lamang sa isang tao. Ang nakakainis pa doon ay hindi man lang marunong magalit ang puso ko. Parang basta ba'y para kay Elton, handa siyang mawasak at mabuo muli para lang wasakin ulit ni Elton. Hay buhay. Ang sakit sa balakang.

"Haha. Kids, huwag kayong magulo. Nag mamaneho si Daddy,"

Bigla akong napatingin kay Elton nang marinig ko siyang tumawa. Nakaupo kasi sa mga hita niya si Dudong at Dudang na naglilikot at natatamaan iyung bukol niya sa harapan ng pantaloon niya habang pinapaandar niya 'tong sasakyan niyang gawa sa gagamba.

"Oink! Oink!" pagtatanong ni Dudong kay Elton. Ang sabi niya kung saan daw ba kami pupunta.

"Secret, son." sagot ni Elton kay Dudong.

"Oink! Oink!" nagsalita naman si Dudang. Sabi niya sana raw may pagkain sa pupuntahan namin.

"Gutom na ba ang unica iha ko?" tanong ni Elton kay Dudang. Ngumiti pa nga ito. Si Dudang naman napatango nalang saka napasimangot. Akala mo naman bagay sa kanya. Feelingerang biik. Akala mo naman rich kid at nagmamaldita. "Malapit na tayo. Kaunting tiis nalang."

"Oink! Oink!" sigaw ni Dudong kay Dudang. Patay gutom daw si Dudang.

Napa-rolled eyes si Dudang, "Oink! Oink!" sabat naman ni Dudang sa kapatid niyang biik. Manahimik daw si Dudong. Natural lang daw na gutom siya since ilang gabi na raw siya hindi kumakain dahil daw nag da-diet siya.

May ganon talaga? Biik na nag da-diet? Ay, bakit? Kasi tumataba na siya?

"Oh, kids. Huwag kayong mag-away. Ayaw ni Daddy na nag-aaway kayo." pag pigil ni Elton sa dalawang biik na nagtatalo na. Agad namang tumahimik iyong dalawang biik.

Ang unfairness lang talaga ng dalawang biik na 'to. Ba't kapag si Elton, isang sabi niya lang sumusunod agad silang dalawa? E, ba't pag ako? Nakailang sabi na ako pero 'di pa rin nila ako pinapakinggan? Tinatrato ako ni Dudong at Dudang na parang 'di nila ako kilala?

Habang nakatingin ako sa kanila biglang napasulyap sa akin si Elton. Matipid niya akong nginitian pero 'di ako ngumiti pabalik. Galit pa rin ako sa kanya, 'no. Galit ako sa kanya dahil pilit niya akong sinama ngayon kahit labag sa loob ko.

Galit ako sa kanya kasi kapag ngumingiti siya ang guwapo-guwapo niya at lumalandi na naman ang puso ko. Galit ako sa kanya kasi sa tuwing ngumingiti siya, itong puso ko, dahan-dahan nawawala ang galit sa kanya. At mas lalo akong galit sa kanya dahil kahit anong gawin niya sa akin, hindi ko pa rin kayang itigil itong nararamdaman ko para sa kanya.

"Althea," tinawag ni Elton ang pangalan ko. Bigla akong napakapit sa upuang inuupuan ko at napapikit. Bakit ganun? Bakit kapag si Elton ang tumatawag sa pangalan ko 'e parang ang pangalang Althea na ang pinakamagandang pangalan sa buong mundo.

Tinignan ko si Elton saka siya inirapan, "Huwag mo nga akong kausapin. Bwisit ka!"

"Althea naman, e." parang batang pagsusumamo niya sa akin.

"Ano bang problema mo? Kanina ka pa Althea ng Althea. Ususo ka ba?" iritado kong sagot.

"Wala ka namang suso. Anong susususuhin ko sa'yo?" kaswal niyang sagot. Narinig kong nagtawanan pa si Dudong at Dudang. Napahiya ako sa kanila mga 'te.

Bigla akong napatingin sa kanya, "Ang kapal mo! Anong wala akong suso. Meron kaya! Merong bundok, oh!" sigaw ko saka pinakita ko sa kanya ang umbok sa dibdib ko. "Oh, may umbok. May bukol. Boobs ko 'yan. Hindi 'yan bukol lang dahil nadapa ako!"

"Weh? Boobs 'yan?" hindi niya makapaniwalang tanong. "Pakita nga."

"Ayoko!" pag tanggi ko "Pilitin mo muna ako."

Natawa si Elton, "Haha. Please, Althea? Patingin?"

"Gusto mo ba talaga?" hinawakan ko na ang laylayan ng suot kong blouse.

Biglang napatitig sa akin si Elton. Ramdam na ramdam ko 'yung bigat ng paghinga niya. Napalunok din siya ng ilang beses habang titig na titig sa akin. Iyong noo niya rin biglang pinagpawisan.

"Pwe—pwede?" nauutal niyang sagot. "Ipapakita mo—mo?"

Ngumiti ako kaya muling napalunok si Elton. Tapos 'nun bigla akong napaseryoso.

"Hindi malamang. Ang kapal naman ang panga mo kung ipapakita ko," sabi ko "Pagtapos mo akong saktan? Paiyakin ng ilang beses? Pagkatapos mo akong tawaging yaya? Pagkatapos mong sabihin na nilalandi ko si Jonas? Ine-expectness mong ipapakita ko sa'yo 'tong boobs ko? Aba, ang saya mo naman pala!" sigaw ko "Ang saya-saya mo. Gago ba u?"

Napahinto si Elton sa pagmamaneho. Sinubukan niyang hawakan ang kamay ko pero nag pumiglas ako. Ayokong hawakan niya ako. Ayokong dumampi ang kamay niya sa kamay ko dahil baka bigla na naman akong maiyak. Maiyak sa katotohanang nagpapakatanga na naman ako sa kanya ngayon.

"Sor—" hindi pa natatapos iyong sinasabi ni Elton agad na akong nagsalita.

"Sorry na naman ba lalabas sa bibig mo, Elton? Pakshet naman, Elton. Hanggang kailan ko ba mariringig 'yang sorry mo? Hanggang kailan mo ba balak mag sorry na hindi man lang itinatama 'yong mga pagkakamali mo?" iritado na naman ako "Hindi na talaga kita maintindihan. Hindi mo kayang pangatawanan 'yang nararamdaman mo sa akin at mas pinipili mo 'yong girlfriend mo. Pero wala pa rin akong karapatan na mag kagusto sa ibang lalaki. Para sa'yo, landi ang tawag dun. Para sa'yo, pagkakamali ang pag mo-move on ko."

"Teka—"

"Hindi pa ako tapos magsalita kaya manahimik ka!" sigaw ko sa kanya kaya nanahimik siya "Teka, nasaan na ba ako? Ikaw kasi, Elton, e. Bwisit ka talaga. Nakalimutan ko na tuloy ang sinasabi ko!"

"Para sa'yo, pagkakamali ang pag mo-move on. Iyan ang last mong sinabi." sagot ni Elton.

"Ah, iyon ba?" napatango siya. "Okay, thankness. So, ayon nga. Para sa'yo, pagkakamali ang pag mo-move on. Wala na akong nagagawang tama sa paningin mo. Ang gusto ko lang naman, Elton, ay iyong makapag move-on ako sa'yo. Iyung makalimutan

ko 'tong pagmamahal ko sa'yo. Ang alam ko kasi sa pagmamahal ay dapat masaya sa pakiramdam. Hindi iyung paulit-ulit ka nalang nasasaktan."

Napatigil ako sa pagsasalita dahil nangilid na naman ang mga luha ko. Huminga ako ng malalim.

"Elton, ano ba kasing plano mo? Klaruhin mo naman kasi. Kung yung girlfriend mo kasi talaga ang gusto mo, edi siya. Dun ka sa kanya. Tapos hayaan mo nalang ako na mag decidedness para sa sarili ko. Hayaan mo akong mahalin ang lalaking nagpapakita sa akin ng pagmamahal. Hindi 'yung gusto mo kayo pa rin ng girlfriend mo habang nagpapakatanga ako sa'yo. Hindi naman tama 'yun, Elton. Hindi tamang dalawa ang na sa'yo habang wala namang natitira sa akin."

Pinunasan ko 'yung luhang pumatak sa mata ko, "If you want your girlfriend then choose her and let me go. It's so unfair that you want her yet you do not want me to let go."

"Napa-english ka na naman," gulat na sagot ni Elton.

"Malamang. Nasasaktan na naman ako, e."

"Oink! Oink!" pag entra ni Dudong. Palagi nalang daw akong nasasaktan.

"Oink! Oink!" saad naman ni Dudang. Paanong 'di raw ako masasaktan 'e paulit-ulit daw akong nagpapakatanga. Naka-register daw ba ako sa UNLIPAIN send to 8888?

Napaayos ng upo si Elton. Nakatingin ngayon siya sa harapan.

"I'm so sorry," paninimula niyang sagot. "Alam kong umay na umay ka na sa sorry ko. Pero iyon lang kasi ang alam kong gawin. Iyon lang ang kaya kong sabihin para kahit papaano mabawasan ang sakit na nakukuha mo sa akin at sa mga ginagawa ko sa'yo. Pero sana, Althea, huwag mong isipin na ikaw lang ang nasasaktan at nahihirapan. To be honest, nasasaktan din ako. Nasasaktan ako sa tuwing naiisip ko na ang lapit-lapit mo lang sa akin pero 'di kita kayang hawakan. Hindi kita kayang yakapin. Hindi kita kayang mahalin nang buong-buo dahil itong puso ko ay pinipigilan ng utak ko."

Nakikinig lang ako kay Elton. Hindi siya nakatingin sa akin habang nagsasalita. Pero kahit ganun, nakikita ko sa gilid ng mga mata niya iyung luha. Mukhang mapapaiyak na si Elton.

O, baka naman natatae lang siya?

"I'm so sorry," muli siyang nagsalita "I'm so sorry for calling you names. Ganun talaga ako kapag nagagalit. Kapag naiinis. O, kapag. . .nagseselos. Basta-basta nalang may lumalabas na masasakit na salita sa bibig ko na hindi ko naman gustong sabihin. You know me, Althea. Hindi ako sanay na ipakita ang totoo kong emosyon

kaya nahihirapan akong sabihin sa mabuti at magandang paraan ang naiisip ko. I'm so sorry kung ipinakilala kitang Yaya ni Chris kay Jen. Hindi ko maaaring sabihin kay Jen na kamag-anak kita dahil alam niyang wala naman na kaming kamag-anak. Hindi ko rin sabihing kaibigan kita dahil alam niyang si Jonas lang ang kaibigan ko dahil nga hirap akong makipag-komunikasyon sa iba," napahinto si Elton saka napalunok.

"I'm so sorry," pangatlong paghingi niya ng tawad "I'm so sorry kung tinawag kitang malandi just because kasama mo lang si Jonas. Nagdilim lang ang paningin ko 'nun. Pakiramdam ko kasi, may kinuha si Jonas na importanteng bagay mula sa akin. I felt like he was stealing the girl who owns my heart. Ang sakit lang, Althea. Ang sakit na makita kayong dalawa na magkasama. Ang sakit lang dahil wala akong magawa. Because, I'm doing what's right. I'm doing what's for the best."

"That's not for the best, Elton. Sometimes what you think the best decision is always the wrong choice. Hindi palaging tama ang utak ng tao. Minsan, kailangan mong sundin ang sinasabi at sinisigaw ng puso mo," sagot ko "Kung sinasabi ng puso mong i-rak mo si Althea, gawin mo."

Napabuntong hininga si Elton, "Althea, hindi ko rin naman pwedeng sundin ang sinasabi ng puso ko. Hindi ako pwedeng maging selfish. One bad move lang, maraming masasaktan."

"One bad move, maraming masasaktan? So, kaya mas pinili mong ako nalang ang masaktan, ganon ba?" tugon ko. "Elton Alexander, sundin mo kasi minsan ang puso mo. Minsan siya ang tama. Kung sinasabi niya nga kasi sa'yo na i-rak mo si Althea, go na. Huwag nang mag-inarte."

Napailing-iling si Elton. Bwisit. Hindi niya ma-gets 'yung gusto kong mangyari. Charot!

"Althea, alam mo ba kung bakit nasa kaliwa ang puso ng isang tao?"

Tumango ako, "Yes, of course. Nasa kaliwang dibdib ang puso ng isang tao kasi dun mas magandang ilagay. Ang pangit naman kung nasa paa mo siya, 'di ba?"

"Mali. Nasa kaliwa ang puso ng isang tao dahil isang senyales ito para ipakita na hindi palaging tama ang sinasabi ng puso."

"Ah, ganon ba?" saad ko. "K. Thanks sa info."

Napahinto si Elton at pinunasan ang mga mata niya. Tumulo na ata ang mga luha niya. Hindi ko nakita kasi hindi naman siya nakaharap sa akin. Pero habang nagsasalita siya, ramdam ko talagang nasasaktan siya. Ramdam kong nahihirapan nga siya at wala siyang magawa.

"Kaya kahit gustong-gusto na kita mahalin, Althea, hindi ko pa rin kayang gawin. Andiyan kasi si Jen. Andiyan iyong babaeng may kailangan sa akin. Andiyan yong babaeng pinangakuan ko ng lahat-lahat. Nang buong buhay ko at ng hinaharap ko."

sabi ulit ni Elton "As long as nakikita ko si Jen, naaalala ko iyong mga pangako ko sa kanya na kailangan kong tuparin. Althea, nahihirapan ako. Nahihirapan na talaga ako sa sitwasyon ko ngayon."

"Ikaw lang naman nagpapahirap sa sarili mo, Elton. Hindi ko naman sinasabing iwanan mo siya para sa akin. Ang gusto ko lang mangyari 'e mamili ka. Kung ako ba o siya. Kung ako pipiliin mo, sabihin mo sa kanya. O, kung siya ba ang pipiliin mo. Palayain mo ako. Ganon lang iyon."

"Hindi ko kaya, Althea. Naguguluhan pa ako. Mahal ko si Jen. Pero, aaminin kong," napatingin si Elton sa akin. Nagulat ako nang makita kong namumula na ang mga mata niya. "Aaminin kong mahal na rin kita."

"Hindi pwedeng dalawa ang mahal mo, gagu." pagmumura ko "Isa lang puso ng tao. Kung magmamahal ka ng higit sa isa, aba, simulan mo ng isipin kung anong klaseng hayop ka. Animal ka!"

"Ito na nga, 'di ba? Ginagawa ko na." seryosong sagot niya "Gusto kitang makasama ngayong araw. Gusto kong pakiramdaman ang sarili ko. Kung mas masaya ba ako kapag kasama kita. O, kung mas mararamdaman ko ba na mas lamang ang pagmamahal ko sa'yo kaysa sa pagmamahal ko kay Jen sa tuwing kasama ko siya."

"So, kung mas lamang ang pagmamahal mo sa akin, ano gagawin mo?"

Ngumiti si Elton, "I'll choose you."

"E, kung mas malamang ang pagmamahal mo kay . . .ano nga pangalan ng girlfriend mo?"

"Jeninna," sagot ni Elton.

"Ayon, Lady Gaga. Kung lamang ang pagmamahal mo kay Lady Gaga? Ano gagawin mo?"

Nawala ang ngiti ni Elton, "I'll let you go."

"Sounds fair," sabi ko saka nakangiti "Buti naman gumawa ka na ng desisyon."

"Ayoko na kasing nahihirapan ka nang dahil lang sakin."

"Ay, buti naisip mo iyan, 'no? Akala ko forever ka ng bobo much, e." sabi ko at natawa kunwari.

Pero sa loob-loob ko ang lungkot-lungkot lang. Ngayong araw na pala ang judgement day ng puso ni Elton. Ngayong araw nakasalalay ang desisyon na gagawin ng puso niya. Ngayon siya pipili. Kung ako ba o iyong girlfriend niya.

Mapait tuloy akong napangiti. Buti pa si Elton may choice. May pagpipilian. Samantalang ako, nganga. Ang tangi ko lang pagpipilian ay magdasal na sana ako ang piliin ni Elton sa huli. Na ako ang piliin ng puso niya at iwanan na niya si Cameron Diaz.

Kapag mas masaya si Elton sa akin ngayong araw, ako raw ang pipiliin niya. Ibigsabihin, kailangan ko siyang pasiyahin. Kailangan kong magpatawa. Mag split kaya sa harapan niya? Bending kaya? O tumambling ng ilang beses sabay split sa ere? O sabay-sabay kong gawin iyong tatlo?

"So, saan mo gustong pumunta?" tanong sa akin ni Elton. Nakangiti na siya ngayon.

"Gusto ko pumunta sa lugar na magiging masaya ka," sagot ko. "Kahit saan naman okay lang sa akin basta kasama kita, e."

Napangiti si Elton, "Ikaw nga ang mamimili. Diba sa araw na ito ikaw ang boss malupit?"

"Hehehe. Oo nga pala," tugon ko. "Gusto kong pumunta sa SOGO."

"Sa SOGO?" gulat niyang sagot. "As in sa SOGO na So Clean, So Good?"

Tumango ako, "Oo nga. Paulit-ulit? Sa SOGO. Iyong motel. Hehehe. Tara na at abutin natin parehas ang kaligayahan."

Napalunok si Elton, "Sigurado ka?"

"Oo nga. Ikaw lang naman ang 'di sigurado sa ating dalawa, e. Katulad nalang ng hindi mo pagiging sigurado sa pagmamahal mo sa akin. Sad, bhe."

Bigla akong nakarinig ng malalakas na busina sa likuran ng kotse ni Elton. Sabay kaming napalingon dalawa at nakita naming ang haba na ng traffic sa likuran. Nakatigil pala ang kotse ni Elton sa gitna ng highway para lang mag-usap kami kaya iyong mga kotse sa likod hindi na makadaan. Mukhang galit na galit sila. Pero care bears namin sa kanila.

"Tara na. Minumura na tayo sa likuran."

Natawa si Elton, "Haha. Oo nga, e. So, tara na?"

Tumango ulit ako, "Yes. Tara na sa SOGO!" sabi ko "Sa So Clean, So Good."

Napailing-iling si Elton saka napangiti. Tapos muli niyang pinaandar ang sasakyan

niya.

Saang branch kaya ng SOGO ang meron sa malapit. May alam ba kayo?

==========

Chapter 44

Salamat sa paghihintay. Comment po ulit. Thank you powssss! :D

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 44Hindi ko mapigilan na hindi mapangiti ngayon habang naglalakad kaming dalawa ni Elton bhe sa loob ng mall. Kilig na kilig talaga ang malantong na katawang lupa ko sa nangyayari. E, paano ba naman kasi ako hindi kililigin kung magkahawak kaming dalawa ni Elton ng kamay habang naglalakad na para bang proud na proud siya sa akin. Iyong paghawak niya sa kamay ko ay parang nangangahulugan na handa niya akong ipaglaban sa buong mundo.

Ang lambot-lambot ng kamay ni Elton bhe sa totoo lang. Walang kalyo. Parang kapag itong kamay ni Elton ay dumampi sa buong katawan ko mapapasigaw nalang ako bigla ng 'More baby.' saka 'Yam Yam Yam. Delisyoso, Elton bhe.' sa sobrang kiliti. Mas lalong lumapad ang ngiti ko nang maramdaman kong mas lalong humigpit ang paghawak niya sa kamay ko.

Hay. Ang ganda ko talaga. Mapapa-edi wow ka kapag nakita mo talaga kami ni Elton na magkahawak ng kamay ngayon. Iisipin mong patay na patay siya sa akin.

Nagpatuloy lang kami sa paglalakad ni Elton bhe sa loob ng mall. Si Dudang at si Dudong naman ay nasa likuran lang namin at nakasunod. Pasulyap-sulyap lang din sila sa paligid na akala mo mga biik na shunga. Ngayon lang ba sila nakapunta sa mall? Kawawang mga biik. Chos!

Bago kami bumaba sa kotse kanina, binilinan ko na sila Dudong at Dudang huwag na huwag silang magtuturo at magpapabili dahil nagtitipid kami. Next year kasi i-enroll ko na sila sa Baboy University para mag-aral na sila at hindi lumaking mga shunga. Nakakahiya naman kung lalaki silang shunga 'e ang tali-talino ng mommy nila, 'di ba?

Kaya ngayon, palinga-linga lang ang dalawang biik sa paligid habang naglalaway na. Halatang kanina pa nila gustong magpabili ng kung ano sa daddy nila. Pero subukan lang talaga nilang magturo at magpabili. Subukan lang talaga nilang magpabili kay Elton bhe.

Sisipain ko silang dalawa palabas ng mall. Iyong sipa na tipong iikot ang ulo nila sa sobrang lakas. Soccer player din kaya ako dati sa probinsya kaya malakas talaga akong sumipa. Malakas nga akong magmahal kahit ang sakit-sakit na, ang pagsipa pa kaya? Sisiw lang sa akin iyan!

Naiinis din pala ako ngayon habang naglalakad kami ni Elton at magkahawak ang mga kamay. Naiinis ako na kinikilig. Iyong mga tao kasing nasasalubong namin 'e napapatingin sa aming dalawa. Gulat silang mapapatingin tapos magbubulungan sila na akala mo may nakakatawang nakita sa aming dalawa ni Elton.

Bakit ba sila natatawa sa amin ni Elton? Mukha bang kengkoy ang mukha ni Elton? Hala kayo! Ang guwapo-guwapo kaya ng bwisit na 'to. Ang yummy-yummy pa. Baka kapag nakita nilang naka-boxer lang si Elton 'e magsiluhuran silang lahat kay bhebhe ko.

Ako ba kasi ang pinagtatawanan nila? Pinagtatawanan ba nila ako dahil ang guwapo ng kasama ko habang ako naman ay sobrang ganda kaya hindi kami bagay? Nagbubulong-bulungan din ba sila dahil kahit sobrang ganda ko 'e tulad lang ni Elton ang kahawakan ko ng kamay ngayon?

Bakit ba sila nangingialam? Bakit masyadong mapanghusga ang mga tao sa paligid? Bakit kahit alam kong hindi naman sa akin si Elton 'e mas lalo ko siyang minamahal sa bawat oras na lumilipas?

Ganun ba talaga ang pagmamahal para sa isang tao? Hindi mo kayang pigilan kahit alam mong hindi na ito tama? Sana nadadaan nalang sa madaliang paraan ang lahat ng bagay, no? Katulad nalang kapag gusto mong ihinto ang pagmamahal mo sa isang tao. Magagawa mo agad nang hindi ka nahihirapan.

But life doesness notness workness that wayness. Walang shortcut para sa lahat ng bagay. Kailangan mong mahirapan. Kailangan mong pagsumikapan. Dahil kapag naghirap ka, may pangsaing kayo mamayang gabi. May ulam kayo kinabukasan.

Ang gulo ba ng sinabi ko? Ganun talaga. Parang pagmamahal lang. Palaging magulo.

"Bakit ka nakasimangot diyan mag-isa?" narinig kong tanong ni Elton sa akin. Napahinto kami sa paglalakad pero 'di niya pa rin binibitawan ang kamay ko. Hay. Ang prettyness ko talaga.

Tinignan ko si Elton, "Kailangan ba kapag sisimangot may kasama?" tanong ko sa kanya "Edi, sumimangot ka rin. Para parehas tayong dalawa. Para destinyness na ituuu."

Napangiti si Elton, "Sira ka talaga."

"Sabi ko sumimangot ka. Ba't ka ngumingiti-ngiti diyan?" mas lalong lumaki ang ngiti ni Elton. "Ano ba? Huwag ka ngang ngumiti! Nakakainis ka, ah."

"Bakit ayaw mo kong pangitiin?" nagtataka niyang tanong.

"E, kasi, kapag ngumingiti ka, mas lalo kang gumagwapo sa paningin ko," pag amin ko "Sa sobrang gwapo mo, dapat iyang mukha mo gawin ng illegalness."

"Gagawing illegal?" tanong niya pabalik.

Tumango ako, "Oo. Illegalness. Pinagbabawal ganon. Ayoko ng maging masyado ka pang guwapo. Baka mas lalo akong mahirapan makuha ka. Isa na nga lang kalaban ko nahihirapan na ako. Ano pa kaya iyung madami. Edi, nakapatay na'ko, 'di ba?"

"Handa mo kong ipaglaban ng patayan?" gulat niyang tanong. Pero pansin ko na hindi maitago ni Elton ang ngiti niya. Tuwang-tuwa siya. Ang ganda ko kasi sa paningin niya.

"Oo naman, no. Handa akong ipaglaban ka," sagot ko "Pero ano pang point na ipaglaban mo ang isang tao kung 'di naman siya nagbibigay ng rason para ipaglaban mo siya. Hindi ba pagpapakatanga iyon?" natawa ako "Alam mo, Elton bhe. Kung nakakayaman lang ang pagiging tanga, milyonaryo na ako ngayon."

"Althea," naging malungkot ang pagsambit ni Elton sa pangalan ko.

"Elton," sagot ko naman sa kanya.

"Althea," tugon naman ni Elton saka niya inayos ang buhok ko. Inipit niya sa tainga ko iyung buhok kong hindi ko naisama sa pag-ipit.

Baka may buhok din ako sa gilid ng panty ko. Baka gusto rin ni Elton iipit. Charing!

"Elton," madrama kong tugon.

"Oink! Oink!" biglang sumingit si Dudong. Ang sabi niya 'Parang tanga 'tong dalawa.'

"Oink! Oink!" sabat naman ni Dudang. 'I know right. Ba't ganyan magulang natin?' naman daw.

Pasimple kong sinipa si Dudang at Dudong. Pinandilatan ko rin sila ng mga mata. Mga biik na 'to. Minsan ko na nga lang maharot 'tong si Daddy Elton nila kokontra pa.

Napabuntong hininga si Elton. Pinisil niya rin ang kamay ko. Gusto ko tuloy pisilin ang matambok niyang pwetan. Kaso mamaya nalang. Baka masira ang atmosphereness ngayon. Seryoso kasi kaming dalawa ngayon sa pag da-drama.

"Alam mo naman ang rason kung bakit tayo magkasama ngayon, 'di ba?" malungkot na tanong ni Elton. Titig na titig siya sa mga mata ko. Parang gusto niya akong halikan sa totoo lang.

"Oo naman," matipid akong ngumiti "Para malaman mo kung kanino ka sa aming dalawa ni Maine Mendoza mas nagiging masaya. Kung sino ang mas may puwang sa puso mo. Kung siya ba o ako. Nakakatawa lang, 'no? Pagtapos ng date natin na ito, isa ang mamamaalam. Isa ang iiwan mo. Isa ang tatanggalan mo ng puwang sa puso mo. Kung ako man ang iwanan mo, ayos lang. Sanay naman na kasi akong naiiwan. Sanay naman ako bilang option. Na hindi ako ang priority. Kadalasan talaga option lang ako, e. Pero madalas, wala rin sa pagpipiliin. Kaya, halimbawa man na siya ang piliin mo, no hard feelings. No regrets. Magiging thankful pa ako dahil minsang pumasok sa isip mo na ako ang piliin mo."

"Hindi naman sa ganon, Althea. Fuck," napabitaw si Elton sa kamay ko para lang sabunutan ang sarili niyang buhok. Dapat sinabi niya para ako na mismo ang sumabunot sa kanya. "Hindi iyan ang point ng date natin na 'to. It's not like that, Althea. Gusto ko lang ma-sort out ang feelings ko. Naguguluhan lang talaga ako. Ayoko na maging unfair sa inyo."

Muling hinawakan ni Elton ang kamay ko, "Althea, listen. I like you. I like you very very much. I like your weirdness. I like the way you make yourself stupid. I like the way you laugh. The way you smile. I like everything about you, Althea."

"But that's not love," english kong sagot. "Hindi ko kailangan ng like mo, Elton. Sa probinsya palang ang dami nang may like sa akin. Ganun ako kaganda. Ang kailangan ko sa'yo ay love."

"Don't rush things, Althea. Ang first step ng love ay like. Dun din papunta iyon."

"Whateverness," sagot ko. Wala na akong ibang maisagot dahil nasupalpal na niya mga sinasabi ko. "Tama na nga drama. Andito tayo sa mall para mag-enjoyness, 'di ba?"

Napangiti si Elton, "Ikaw kasi, e."

"Ako na naman. Ako nalang palagi ang sinisisi mo," nairita kong sagot "Pahawak pala ng matambok mong pwetan."

"What?" gulat na sagot ni Elton "Gusto mong hawakan pwetan ko? Ang daming tao dito!"

"Dali na. Pasimple lang, e. Hindi nila mahahalata." pagpupumilit ko.

Napatingin-tingin si Elton sa paligid, "Mamaya na. Ang daming tao."

"Ang damot," napairap ako.

"Patay na patay ka talaga sa pwetan ko, 'no?" natawa si Elton "Mamaya nalang. Promise." sabi niya saka siya kumindat. Ang hotness ni Elton kumindat.

"Ayan na naman sa promise na iyan. Ilang promise pa ba ang ibibigay mo sa akin na 'di mo tutuparin?" saad ko "Mamaya, ah. Kapag 'di mo pinahawak, sa pagtulog mo tutusukin ko 'yan."

"Haha. Oo na. Kulit mo, Promdi Girl." muli na namang natawa si Elton.

Hinawakan ulit ni Elton ang kamay ko saka ulit kami nagpatuloy sa paglalakad. Nang mapansin kong hindi nakasunod si Dudang at Dudong sa amin ni Elton nilingon ko silang dalawa.

Aba't ang magagaling na dalawang biik 'e naglalaro na ng baraha sa sahig ng mall. Sa sobrang bored siguro nila sa paghihintay na matapos ang kadramahan namin ni Elton 'e nag baraha nalang sila. Saan nila nakuha iyong baraha? At ano rin ang nilalaro nilang dalawa?

"Hoy! Mga biik. Bilisan niyo diyan. Aalis na tayo!" sigaw ko sa kanilang dalawa.

Agad naman nagtakbuhan si Dudang at Dudang sa gawi namin ni Elton. Iniwan nila sa sahig yung baraha na nilalaro nila.

"Anong nilalaro niyo? Saan niyo nakuha iyong baraha?" nagtataka kong tanong sa kanila.

"Oink! Oink!" sabi ni Dudong. Ninakaw daw ni Dudang sa isang department store iyung baraha.

"Punyeta ka, Dudang! Kailan ka pa natutong magnakaw?" gulat kong tanong.

"Oink! Oink!" sagot niya. Ngayon lang daw. Tagal daw kasi namin mag emote ni Elton kaya na-bored silang dalawa ni Dudong.

"E, anong nilalaro niyo?" muli kong tanong.

"Oink! Oink!" sagot ni Dudong. Unggoy-ungguyan daw.

"Ano? Ungguy-ungguyan? Ba't iyun nilalaro niyo 'e mga biik kayo?"

"Oink! Oink!" saad ni Dudang. Wala raw akong pakialam.

Tawang-tawa si Elton sa sinabi ng mga anak niya. "Haha. Kids, 'wag niyo na uulitin yun, ah. Masamang magnakaw."

"Oink! Oink!" sabay na sagot ng mga biik. Yes, Daddy daw.

Kinakausap ni Elton si Dudang at Dudang ngayon. Binibilinan niya ang mga anak niya na huwag na huwag ng uulitin ang ginawa nila dahil nga raw masama iyun. Napapangiti nalang ako sa nakikita ko. Para talagang tatay kung umarte si Elton sa dalawang biik. Pero mukhang baliw si Elton dahil nakikipag-usap siya sa dalawang hayop. Nagkakaintindihan ba sila? Siguro, dating baboy si Elton.

Pansin ko rin na pangiti-ngiti si Elton at kanina pa tumatawa. Ang guwapo niya lang talaga sa tuwing tumatawa siya. Naguguluhan tuloy ako kung sino ang mas guwapo sa kanila ni Klyde. Kasi si Klyde 'e kahit bata pa ang guwapo na talaga. Ano pa kaya kapag tumuntong siya sa edad na kagaya ng kuya niya? Edi ang dami na nagpatayan para lang sa babaerong iyun, 'no?

Nagpatuloy ang family bonding naming apat. Nang magutom ang dalawang biik, pumunta kami sa food court ng mall. Dapat sa isang mamahaling restaurant kami kakain pero iyong mga restaurant na pinuntahan namin 'e mga choosy. Hindi raw pwedeng ipasok sa loob si Dudang at Dudong.

Itong Elton bhe biglang nag beast mode habang nasa tapat kami ng restaurant. Anong karapatan daw nung crew na tawaging hayop ang mga anak naming dalawa. Hindi daw hayop si Dudang at Dudong. Sabi pa ni Elton, kaya niya raw ipasarado iyung restaurant na iyun sa isang kurap. Galit nag alit talaga siya sa umaalipusta sa mga anak namin. Para siyang shunga.

Si Dudang at Dudong tuloy tuwang-tuwa dahil pinagmalaki sila ni Elton. Pinalakpakan pa nila si Elton habang nag i-speech kanina sa tapat ng restaurant. Napapatingin na sa amin iyung mga taong dumadaan kaya hinila ko na si Elton palayo. Parang may plano pa kasi siyang basagin 'yung salamin nung restaurant sa sobrang inis.

"Hoy, Elton. Chillness na. Wala ka ng kalaban, oh!"

"Paano ako mag chi-chill kung inaapi nila si Dudong at Dudang? Ipapasarado ko talaga yung restaurant na iyun, e." galit na galit pa rin siya.

"Weh? Kaya mo?"

"Oo naman. Falcon ako. Wala akong hindi kayang gawin." pagmamalaki niya.

"Meron kaya," saad ko "Hindi mo nga ako kayang mahalin, e."

Napatingin sa akin si Elton habang kumakain. Natameme siya.

"O, edi napatahimik ka."

Ngiti lang ang isinagot ni Elton.

"Wag ka ngang ngumiti. Kainis ka," inis kong saad. "Hahalikan kita diyan kapag ngumiti ka pa."

Mas lalong lumapad ang ngiti ni Elton.

"Hala siya, oh. Gustong-gusto niyang halikan ko siya, oh."

"Hahaha." natawa nalang ang walangya. "Kumain ka na nga, Promdi Girl. Dami mong alam."

"Madami naman talaga akong alam. Ang mag move-on lang sa'yo ang 'di ko alam."

Bumalik ako sa pagkain. Tahimik na kaming dalawa ni Elton nang bigla na naman siyang nagsalita.

"Althea, flashlight ka ba?"

"Bakit?" tanong ko saka uminom.

"Ikaw kasi nagpapaliwanag sa madilim kong mundo." nakangiti niyang tugon.

"Bro." saad ko.

"Bro." tugon naman ni Elton.

Kumain nalang ulit ako. At habang kumakain pansin ko na napapatingin si Elton sa akin at saka biglang napapangiti. Ewan ko ba kung bakit niya ginagawa 'yun. Deadma nalang ako sa pagsulyap-sulyap niya dahil busy nga ako sa paglamon. Ilang araw na kaya akong walang matinong kain.

Nang matapos kaming kumain, hindi muna kami umalis ng food court. Nagpahinga muna kami habang hinihintay na matapos ang dalawang biik sa nilalamon nilang ice cream. Tahimik lang ako habang tinatanggal ko ang mga dumi sa kuko ko sa paa. Napatigil nalang nang biglang magsalita si Elton bhe at may tinanong sa akin.

"Althea, anong itchura ng probinsya niyo?" tanong niya habang nakapangalumbaba.

Umayos muna ako ng pagkakaupo bago siya sinagot.

"Maganda. Pero mas maganda ako," sagot ko "Tahimik dun sa probinsya namin. Hindi katulad ng puso't utak ko na palaging magulo dahil sa pagmamahal ko sa'yo." napangiwi si Elton "Sariwa rin ang hangin dun. Masarap sa pakiramdam. Hindi tulad ng pagmamahal ko sa'yo, nakakasakit na ng pakiramdam. Maraming masasarap na pagkain 'dun. Maraming pagpipiliin. Parang ikaw lang, pagpipiliin mo kaming dalawa ng girlfriend mo." ngumiti ako "May tanong ka pa ba?"

Napailing-iling si Elton, "Ito nalang. Bakit mo ko minahal? E, ang sama-sama nga nung trato ko sa'yo nung una mong mapunta sa mansion, e."

"Ewan ko rin," mabilis kong sagot saka tumitig kay Elton "Hindi ko rin alam kung bakit, e. Kung gugustuhin ko nga, si Jonas nalang ang mamahalin ko. Si Jonas kasi, mabait. Magalang. Palaging nakangiti. Palaging nakatawa at masarap kasama."

"Habang ako?"

"Habang ikaw naman ay masarap din," sagot ko "Masarap sa kama. Charot."

Tumawa ako "Habang ikaw naman ay palaging nakasimangot. Basta, ewan ko. Hindi ko rin alam ang dahilan kung bakit ikaw ang minahal ko. Ganun naman kasi talaga ang pagmamahal, e. Hindi mo alam kung bakit mo siya minahal. Naramdaman mo lang bigla. Nagising ka nalang bigla na mahal mo na siya. Na may pakialam ka na sa bawat ginagawa niya. Na nasasaktan ka na niya. Iyun ang nakakatakot sa parte ng pagmamahal, e."

"Anong nakakatakot?"

"Nakakatakot na kapag minahal mo ang isang tao, kahit hindi ka niya mahal, binibigyan mo pa rin siya ng karapatan na saktan ka. Tapos kapag nasaktan ka niya, hindi mo siya pwedeng sumbatan. Hindi mo pwedeng sabihin na hayuf siya kasi sinaktan ka niya. Hindi iyun maaari kasi 'di naman niya sinabing mahalin mo siya. Wala kang choice kundi indahin iyung sakit."

Napalunok si Elton, "Iyan ba ang nararamdaman mo sa pagmamahal mo sa akin?"

Matipid akong ngumiti, "Oo. Pero ayos lang. Love isn't always happy. Sometimes, it's painful."

"Nagsisisi ka bang minahal mo ako?" muling tanong ni Elton.

Mabilis akong umiling, "Hindi. Bakit ko naman pagsisisihan ang isang pakiramdam na

kahit masakit 'e nagdulot naman sa akin ng kasiyahan? Saka, nang dahil naman sa pagmamahal ko sa'yo, ang dami kong natutunan. Ang dami kong nalaman. Iyun naman ang mahalaga, 'di ba? Iyung may natutunan ka kapag nasaktan ka. After all, you have to feel the pain because you need to learn something."

"Wow. Ang dami mong hugot, ah. Ikaw na si Hugot Queen."

"Thank you very much," pagpapasalamat ko "Ikaw, Elton. Bakit mo mahal si Miley Cyrus? E, palagi naman iyung nakadila. Tapos iyung mga pictures pa niya palaging nakahubad. 'Yung tipong boobs niya nalang at kepyas niya natatakpan. Nahiya pa siya. Sana pinakita na niya rin."

"Ha? Hindi naman si Miley Cyrus ang girlfriend ko."

"E, sino pala?"

"Si Jeninna."

"Ah, 'di ko siya kilala. Hindi siya famous. So, bakit nga? Bakit mo siya minahal?"

Napatigil si Elton at napaisip-isip. Parang hinahalukay niya pa sa kailaliman ng utak niya iyung sagot. Nakatingin lang ako kay Elton at hinihintay ang sagot niya nang bigla akong may maramdaman. Nauutot ako. Ang dami ko kasing kinain, amputs.

"Mahal ko siya kasi kailangan niya ako," sagot ni Elton na nakaiwas ng tingin. "Mahal ko siya kasi wala na siyang ibang makakapitan."

"That's not love at all," sagot ko "Mahal mo siya kasi kailangan ka niya? E, ang tanong. Kailangan mo ba siya? Hindi ba parang ang unfairness iyun sa part niya? Na minamahal mo siya just because she just needs you and not because you need her? Ang pagmamahal kasi, Elton, 'e iyung parehas niyong kailangan ang isa't isa. Hindi lang dapat iyung isa. Dapat parehas kayo."

"Iba-iba tayo ng definition ng pagmamahal, Promdi Girl."

"Pero iyang definition mo 'e maling-mali. Elton, matalino kang tao. Yummy pa na lalaki. Pero sa totoo lang ang bobo mo pag dating sa love."

"Edi ikaw na ang matalino. Tssk."

"I knowness!" pagmamalaki ko "Elton, hindi naman sa sinasabi kong ako ang piliin mo, ah? Ang gusto ko lang sabihin na hindi mo talaga mahal iyang girlfriend mo. Kasi kung mahal mo siya, wala kang mararamdaman sa akin. Hindi ka magkakaroon ng feelings sa ibang babae. Love is all about being faithful. Paano mo nasasabing mahal mo ang isang tao kung nagkakaroon ng space ang puso mo para sa iba?"

Napatigil na naman si Elton, "I don't know. Naguguluhan nga ako, 'di ba? Nang dahil sa'yo, mula nang dumating ka, nagulo na lahat. Pati feelings ko sa kanya."

"Ang ending, ako pa may kasalanan. Ako na naman nasisi." umirap ako.

Tumingin sa akin si Elton "Kaya sana, Althea, hanggang 'di ko pa naaayos at nalilinaw 'tong feelings ko, wag mo kong madaliin. Nahihirapan din kasi ako, e. And if ever na magtagpo kayo ni Jen, please, keep this to her. Masasaktan kasi siya, e. Hindi ko na kayang saktan siya."

"K."sagot ko.

Umalis na kami ni Elton sa food court nang matapos na kumain si Dudang at Dudong ng ice cream. Ang kalat nilang kumain kaya iyung bibig nila 'e punong-puno pa ng ice cream. Habang naglalakad tuloy kami 'e pinupanasan ni Elton 'yung bibig nung dalawang biik.

Nang matapos si Elton sa pagpunas sa bibig nung dalawang biik, bigla nang lumapit si Elton sa akin at muling hinawakan iyung kamay ko nang mahigpit. Magkahawak kamay by Yeng Constantino na naman ang peg naming dalawa habang naglalakad. Kinilig na naman ang malandi kong katawan sa nangyari. Gusto tuloy tanungin kay Elton kung kinikilig din ba siya tulad ko.

Napahinto kami ni Elton sa isang tindahan ng mga bike sa loob ng mall. Kinakausap niya iyung may-ari na nasa labas. Pero kahit nakikipag-usap siya, 'di niya pa rin binibitawan ang kamay ko. Hawak-hawak niya pa rin ito. Hindi ko tuloy mapigilan na hindi mapangiti.

Habang busy si Elton sa pakikipag-usap sa bibilhan niyang bike, bigla akong napatingin sa gilid ko. Sa hindi kalayuan, bigla akong may natawan na babae. Isang babae na sobrang ganda ang nakatingin sa aming dalawa ni Elton. Nakatingin iyung babae sa kamay naming magkahawak ni Elton. Bigla akong nakaramdam ng kaba nang makumpirma ko kung sino 'yung babae na iyun.

Si Sadako ng The Ring. Paano siya nakalabas ng TV?

Charot. Iyung babaeng nakatingin sa aming dalawa ni Elton ay walang iba kundi si Pipay—habang hawak-hawak ang pempem niya.

Charot lang ulit.

Iyung babaeng nakatingin sa amin ay walang iba kundi si Lola Bashang.

Ang girlfriend ni Elton.

==========

Chapter 45

Tada! Nagbabalik na si ma'am bobita. Kaya magsipag ulit sa comment! Para ganahan si author (na tamad!) sa pag uupdate. Wahahaha.

THAT PROMDI GIRLwritten by owwSIC

CHAPTER 45.

Kahit ilang oras na yung lumipas mula nang makita kami nung girlfriend ni Elton na nasa mall kami at magkahawak ang kamay naming dalawa ni Elton, hinding-hindi ko pa rin maalis sa isip ko 'yung reaksyon nung mala-anghel niyang mukha. Halatang nasaktan siya sa nakita niyang paghahawakan namin ng kamay ng boyfriend niya. Para siyang sinaksak nang paulit-ulit. Na-guiltyness tuloy ako.

Sana naging masama nalang akong tao. Yung tipong walang pakialam kung sino ang masasaktan basta ang importante ay maging masaya. Sana wala nalang akong konsensiya. Para kayang-kaya kong sirain yung relasyon ni Elton at nung girlfriend niya para mapunta na sa akin nang tuluyan si Elton. Nang sa ganon, ako na ang masaya kahit makasakit pa ako ng iba.

Pero hindi naman ako masamang tao. Ayokong maging masaya sa paraan na nakakasakit ako ng iba. Punong-puno rin ako ng konsensya sa katawan. Kahit naman snob ako sa personal at plastic pa, hindi ko ugaling manakit ng ibang tao. Siguro ganito talaga kabait ang mga prettyness, no?

Ito yung kanina pang gumugulo sa akin. Hindi ko rin alam kung kailangan ko bang sabihin kay Elton yung eksenang nakita kami ng girlfriend niya kanina. Kaya ito tuloy tahimik lang ako simula kanina. Wala akong kibo nung bumili kami ng bike ni Elton. Hindi ko talaga kasi alam ang gagawin ko.

Napahinga ako ng malalim saka tinignan si Elton na nilalaro si Dudong at Dudang. Nakasakay yung dalawang biik sa bike ko habang pinapaandar ito ni Elton. Hindi

nakasakay si Elton sa bike. Tinutulak niya lang ito. Hindi ba marunong mag bike ang Elton bhe?

Nasa may park kami ngayon nakatambay. Medyo hapon na kaya hindi na mainit ang sikat ng araw. Ang ganda sa park na 'to. Puro damuhan at puno lamang ang makikita. Para tuloy akong nasa bukid sa probinsya. Hay, nakakamiss yung probinsyang pinanggalingan ko. Yung probinsyang punong-puno ng mga plastic na taong tulad ko. Pero ako ang pinaka-plastic sa kanila, no.

Nakita kong papalapit na si Elton sa gawi ko. Si Dudang nakasakay pa rin sa bike like a boss. Habang si Dudong naman andun sa may damuhan at hinahabol 'yung mga paru-paro.

"What's wrong?" tanong sa akin ni Elton nang huminto siya sa harap ko. Ibinaba niya si Dudang sa bike. "Kanina ka pa tahimik. May problema ba?"

Napailing ako sa tanong ni Elton. Hindi ko alam ang isasagot sa tanong niya. Ang hirap kasing sagutin ang katanungan na kung anong mali lalo na't kung walang nananatiling tama sa paligid mo.

"Bawal na ba akong manahimik paminsan-minsan?"

Umiling siya, "Hindi naman. Ang unusual lang kasi na manahimik ka. Ikaw kasi ang pinaka-energetic na tao na nakilala ko—"

"Pinaka-prettyness din." dugtong ko.

"Ikaw ang pinaka-energetic na tao na nakilala ko kaya pakiramdam ko, kapag nanahimik ka, may problema ka o may malalim na iniisip." umupo si Elton sa tabi ko.

"Ako rin ang pinaka-prettyness na nakilala mo, 'di ba?"

"Oo! Ikaw ang pinakabobita sa lahat na nakilala ko,"

"That's rightness!" masaya kong tugon "Ako ang pinakabobita kaya ako ang pinaka-prettyness!"

May ngiting umikit sa labi ni Elton. Pogi ni bhebhe Elton ko. Sarap i-kiss. Amp!

"Pero bakit ka nga nananahimik? Ayaw mo ba dito sa park?"

"Gusto ko." aniya ko "Pero mas gusto kita."

"Promid girl naman, e. Magseryoso ka nga," natatawa niyang sagot "Ano nga? Pansin

ko lang na kanina ka pa nananahimik e. Simula nung nasa bilihan tayo ng bike hanggang pumunta dito sa park. Parang nawalan ka ng gana. Hindi ka ba nag e-enjoy?"

Lord, bigyan niyo ako ng sign. Kailangan ko bang sabihin kay Elton na nakita kami ng girlfriend niya kanina? Hindi ko talaga alam kung itatago ko ba yun o hindi e. Naguguluhan talaga ang magandang snob sa personal at plastic na si ako. O, hayaan ko nalang tutal snob naman kasi ako?

"Nag e-enjoyness naman ako," sagot ko.

"E, ano palang problema? Ayaw mo ba sa bike na binili ko para sa'yo?"

Napatingin ako kay Elton. Mukhang nag-aalala talaga siya sa akin. Titig na titig siya. Para niya akong hinuhubaran sa mga tingin niya. Naku po! Baka ilang beses na niya akong napagsamantalahan sa isip niya, ha. Mahirap na. Hindi pa kami kasal pero hindi na ako virginess sa utak niya.

Kay ganda ko talagang dilag ano po?

"Gusto ko sa yung bike na binili mo. Ang ganda kaya. Parang ang sarap sakyan," ngumisi ako "Pero tingin ko, mas masarap kang sakyan, Elton. Pa-rideness naman, oh. Isa lang. Walang malisya."

"Haha. Baliw ka talaga."

"Baliw na baliw sa'yo." proudness kong sagot.

Sinulyapan ako ni Elton saka siya ngumiti, "Alam mo, Althea, naiinggit ako sa'yo."

"Bakit naman? Kasi ang ganda ko?"

Umiling siya, "Hindi. Naiinggit ako kasi kaya mong sabihin ng harap-harapan sa taong gusto mo na gusto mo siya. Yung may lakas ka ng loob na ipahiwatig yung nararamdaman mo," nawala yung ngiti ni Elton "Hindi tulad ko. I'm such a coward. Duwag akong harapin yung tunay kong nararamdaman. Kaya ito, nahihirapan ako. Ayos lang sana kung ako lang ang nahihirapan e. Pero hindi, pati yung mga taong nagmamahal sa akin, nasasaktan ko."

"You're worth the pain, Elton bhe."

Muling napangiti si Elton. Hinawakan niya yung buhok ko saka marahan itong hinimas.

"Sana kaya ko ring sabihin sa'yo ngayon 'yan, Promdi Girl. Pero hanggang hindi ko nase-settle 'tong feelings ko, ayokong mas lalo ka pang bigyan ng pag-asa. Ayoko

nang mas lalo ka pang masaktan."

Napaiwas ako ng tingin. Hindi ko kayang makipagtitigan kay Elton ngayon lalo na't kitang-kita sa mata niyang nasasaktan siya. Ayoko ng ganito. Dahil sa pagmamahal ko kay Elton, nasasaktan ko siya. Dahil sa pagmamahal ko sa kanya, nagulo ang feelings niya. At nang dahil sa pagmamahal ko na 'to sa kanya, pati yung girlfriend niya nasasaktan na rin.

"Elton, may tanong ako."

"Ano yun?"

"Nag-enjoy ka ba ngayon?"

"Yap. Nag enjoy ako."

"Sinong mas enjoy kasama? Ako o yung girlfriend mo?" napabuntong hininga siya.

"Hindi ko alam, Althea. Maniniwala ka ba sa akin kapag sinabi kong pantay na ang tingin ko sa inyong dalawa?" napayuko si Elton at sinabunutan ang sarili niyang buhok "Gulong-gulo na ako sa totoo lang. Hindi ko na alam kung ano ba dapat ang gawin ko. Kaya kailangan ko pag-isipan nang maigi 'tong gagawin kong desisyon."

"Halimbawa na siya ang pipiliin mo. Papakasalan mo ba siya?"

Napatingin sa akin si Elton. Binigyan ko lang siya ng matipid na ngiti.

Tumingin naman siya kay Dudang na nakadapa sa damuhan na akala mo nasa dagat at nagpapa-tan ng kulay. Hindi alam ni Dudang na nagmumukha lang siyang BBQ sa ginagawa niyang kashungaan.

"Yes," sagot ni Elton "Yun talaga ang plano ko from the very start. Si Jeninna lang talaga yung gusto kong pakasalanan. Gusto ko siyang bigyan ng pamilya—ng isang masayang pamilya na hindi niya naranasan nung bata pa siya. Nakaplano na nga sa isip ko kung saang simbahan kami ikakasal. Kung anong mga pangalan ng mga magiging anak namin."

May ngiti si Elton sa labi niya habang nag kukwento. Masayang-masaya siya habang ini-imagine yung futureness nilang dalawa ni Tyra Bank. If everness na sila man ang magkatuluyan, halatang magiging isang masayang pamilya nga silang dalawa.

Hindi ko maialis sa isip ko na hindi mainggit. Ang sarap talagang magkaroon ng isang tao na iisipin yung hinaharap niyong dalawa na magkasama. Ang sarap sa pakiramdam na may tao diyan na handa kang samahan sa pagtanda mo. Yung taong ikaw lang ang napili niya para makasama niya sa pagtupad ng isang masayang pamilya.

Ang sarap mag ilusyon na ako ang gusto niyang makasama sa hinaharap. Huwag ko lang maiisip na isa lamang ilusyon yun para hindi na ako masaktan pa ng bongga.

"Siya ba ang first love mo, Elton?" muli kong tanong.

Napatango siya, "Oo. Kaya siya 'yung babaeng gusto kong maiharap sa altar."

Hindi ko maiwasang hindi mapangiti ng mapakla nang muling bumalik sa isipan ko yung alaala naming dalawa ni Elton noon.

"Thea, ikaw ang papakasalan ko, ha! Wala akong ibang babaeng gustong iharap sa altar kundi ikaw lang. So, please. Hintayin mo ako hanggang paglaki natin. Gagawa tayo ng pamilya natin. Isang masayang pamilya para hindi ka na ma-sad dahil wala kang Daddy at Mommy."

Yung imahe ni Elton noong bata pa kami unti-unti nang nabubura sa isipan ko. Parang nasa isipan ko siya at kumakaway habang dahan-dahan siyang nawawala.

"Thea, ba-bye! Paalam na. Sorry kung hindi ko matutupad ang promise ko sa'yo."

"Ikaw, Promdi Girl? Sino ang first love mo? Anong klaseng tao siya?" curious na tanong ni Elton.

Gusto ko sanang sabihin sa kanya na siya ang first love ko at nakilala ko siya noong mga bata pa kaming dalawa. Pero mas pinili ko nalang na manahimik. Mas kong maalala niya yun na hindi ko siya tinutulungan alalahanin yung memoriesness naming dalawa.

Nasa kanya na yun kung importante ba talaga ako sa kanya. Kung importante ako sa kanya, muli niya akong maaalala na hindi ko siya tinutulungan. Pero kung hindi niya talaga ako maalala, ayos lang din. At least, kahit ilang taon na ang lumipas, kahit marami na ang nagbago sa pagitan naming dalawa, muli kong nakita si Elton na first love ko.

"Secret kung sino ang first love ko," saad ko "Pero anong klase siyang tao? Uhm. Siya yung tipo ng tao na handa niyang gawin ang lahat mapasaya lang ako. Naalala ko na gumawa ako ng suman, kahit hindi yun masarap, kinain niya pa rin, maging masaya lang ako. Na-ospital pa siya nun nang dahil sa akin. Sumakit kasi ang tiyan niya," natawa ako sa naalala ko "Akala ko nun magagalit siya sa akin. Pero hindi, nakangiti pa rin siya. Yung klase ng ngiti na walang pagsisisi."

Napatingin ako kay Elton nang makita kong nakahawak siya sa ulo niya. Parang sumasakit ito.

"Bakit? Masakit ba ulo mo?"

"Oo. Parang kumirot bigla e. Pero ayos na. Wala 'to. Siguro sa pagod lang." ngumiti siya "Tapos?"

"Tapos ayun. Ang dami niyang pangako sa akin. Ang dami niyang sinabi na tutuparin niya raw."

"Tinupad ba niya? Ano na nangyari sa kanya?"

Malungkot akong napangiti, "Hindi na niya ako naalala." sagot ko.

"Bakit? Bakit hindi ka na niya naalala?"

"Umalis kasi siya sa probinsya nun. Tapos nung muli ko siyang nakita, hindi na niya ako kilala. Parang hindi kami nagkakilalang dalawa at hindi siya nangako ng sobrang dami dati. Nakalimutan na niya ako na parang neverness nag-existsness yung salitang ako at siya at pangako naming dalawa sa isa't isa sa mundong 'to ganon." tumingala ako. Ramdam ko na yung luha sa mga mata ko "Pero ayos lang. Masaya na naman siya ngayon e. May girlfriend na kasi siya."

Hindi ko alam kung may ideya ba si Elton na siya yung tinutukoy ko. Pero mas maganda nang wala para hindi niya ako kaawaan. Ayoko rin maalala niya ako at yung mga pangako namin sa isa't isa pero hindi pa rin niya ako kayang piliin.

Saka, nakapagdesisyon na naman ako. Kailangan ko na gawin yung bagay na matagal ko na dapat ginawa. Mahirap 'tong desisyon na gagawin ko pero kailangan at nararapat.

"Mahal mo pa rin siya hanggang ngayon?" seryosong tanong ni Elton.

"Oo naman. Hinding-hindi yun magbabago. At kung sakaling tumanda ako at magkaroon ng mga anak saka apo, hindi ako mahihiya na ikwento siya sa kanila."

"Kung mahal mo pa rin siya, ano pala nararamdaman mo sa'kin?"

Natawa ako, "Mahal din kita, Elton. Mahal na mahal."

"E, kung mahal mo ako, bakit mahal mo pa rin siya?" parang bata niyang tanong.

"First love is the hardest to forget, Elton." pag e-english ko "Saka, masaya na siya ngayon. Alam kong eventually, makakalimutan ko rin siya."

"I'm so sorry."

"Para saan?" nagtataka kong tanong.

"For everything," nakayuko niyang sagot "For asking about your first love. Alam kong masakit pa rin sa'yo yung napagdaanan mo sa kaya. Tapos ngayong nagmahal ka ulit, nasasaktan ka rin naman nang dahil sa akin. Kung wala lang Jeninna sa buhay ko, Althea, ikaw ang pipiliin ko."

Hinimas ko yung pisngi ni Elton, "Kuntento na ako doon," aniya ko "Kuntento na ako na naisip mong ako ang pipiliin mo kung sakaling walang Nicki Minaj sa buhay mo." ngumiti ako "We just have the right love at the wrong time. Pero sana, sa next life mo, if ever man na muli tayong magtagpo, ako naman ang piliin mo, Elton. Para kahit papaano, masabi ko sa sarili ko na naging akin ka ng buong-buo sa buhay ko."

"Teka, para mo naman sinasabi na si Jen na ang pinipili ko e. Hindi pa naman ako nag de-disisyon, 'di ba?" hinawakan ni Elton ang kamay ko "Kaunting oras pa, Promdi Girl. Please."

Hinalikan ni Elton ang kamay ko saka niya ito idinikit sa pisngi niya.

"Please. Kaunting time nalang hinihingi ko. Hayaan mo muna ako makapag-isip-isip."

"Okay," sabi ko na nakangiti.

Itinuon ko yung paningin ko sa mga batang naglalaro sa may harapan namin ni Elton.

"Sana sinama natin si Chris dito. Tiyak mag-e-enjoy siya."

"Favorite mo talaga si Chris, no? Siya ang pinakapaborito mo sa aming lahat?" tanong ni Elton.

"Oo. Tapos sunod si Klode," aniya ko.

"E, kung wala si Chris at Klode. Sino paborito mo?"

"Uhm. Edi si Klyde."

"E, kung wala si Chris, Klode, at Klyde. Sino na ang paborito mo?"

"Si Lolo A. Funnyness kasi siya."

Napanguso si Elton, "E, kung wala rin si Lolo?"

"Edi si Erwin." saad ko "Mukhang magkakasundo kaming dalawa kapag nakita ko siya. Sana sa pag-uwi ni Lolo A, kasama na niya si Erwin. Gusto ko makita kapogian niya

sa personal."

Lalong napabusangot mukha ni Elton, "Kung wala si Chris, Klode, Klyde, Lolo A, at Erwin. Sino na ang paborito mo sa aming mga Falcon?"

"Si Tito Erwan at Tita Cynthia."

Kumunot noo ni Elton, "For example, wala rin sila Mommy at Daddy. Ako nalang ang falcon. Sino na paborito mo?"

"Uhm," napaisip ako "Edi wala. Wala na palang falcon e."

"Meron pa nga. Ako nalang ang natitirang falcon."

"Edi wala nga. Ikaw nalang pala ang natitirang falcon e. Bakit kita magiging paborito?"

Napanguso lalo si Elton saka napairap. Para siyang bata na nagtatampo.

Natawa naman ako sa pag-iinarte niya.

"O, bakit ka nakanguso diyan? Haha."

"Wala lang."

"Huwag ka mag-inarte kung hindi kita paborito."

"Hindi naman ako nag-iinarte."

"Hindi man ikaw ang paborito ko," saad ko "Ikaw naman ang mahal ko."

Pero kailangan na talaga kitang isuko sa taong may kailangan sa'yo ngayon.

Biglang napatingin sa akin si Elton. Kitang-kita ko na namumula ang mukha niya.

"Ay kinilig?"

"Di noh!" pagtanggi niya "Tara bike tayo!"

Hinawakan ni Elton ang kamay ko kaya bigla akong napatayo.

"Ikaw magpapadyak?"

Umiling siya, "Hindi. Hindi ako marunong mag-bike."

"What? Sigurado ka? Sa laki mong tao na 'yan, hindi ka marunong mag bisekleta?"

Tinitigan niya ako ng masama, "Tumawa ka na. Huwag mo nang ipitin yang tawa mo."

Saka ako bumulalas ng tawa.

"Wahahahahahahahahaha!" nakahawak pa ako sa tiyan ko habang si Elton pulang-pula na ang mukha sa labis na kahihiyan. "Potainis na yan. Wahahahaha. Isang Elton Alexander Falcon, hindi marunong mag bike? Wahahahahaha."

"Kasalanan ko ba kung na-trauma ako dati?" inis niyang sagot.

Napatigil tuloy ako sa pagtawa nang sabihin niyang na-traumaness siya dati.

"Ton-ton, marunong ka mag bike?"

"Hindi Thea e."

"Ano ba yan. Ayoko na kitang pakasalan kung 'di ka marunong mag-bike."

Tapos kinuha ni Ton-ton yung bike ko at sumakay. Nakakailang padjak palang siya nang bigla siyang bumangga sa puno ng manga at yung noo niya'y umuntog. Dumugo tuloy ito. Iyak ako ng iyak dahil sa nangyari sa kanya. Sinabihan ko siya na wag na wag na siyang mag ba-bike kahit kailan. Akala ko magagalit sa akin si Ton-ton. Pero hindi. Nakangiti pa rin siya sa akin.

"Althea!"

"Ay bayag mo!" napatakip ako ng bibig "Bakit ka ba nanggugulat?"

"E, bigla-bigla kang napapatulala e."

"Haha. Sorryness. May naalala lang ako," bumulong ako sa sarili ko "Naalala lang kita noon. Nung time na ako pa ang mundo mo."

"May sinasabi ka?"

"Wala," umiling ako "Ako na magpadjak. Umangkas ka nalang."

Sumakay na ako ng bike tapos umangkas sa likuran ko si Elton. Humawak siya sa balikat ko.

Tuwang-tuwa si Elton habang nag ba-bike kami at paikot-ikot sa park. Para kaming bumalik sa pagkabatang dalawa. Yung kami palang si Thea at Ton-Ton na may sumpaang kami ang magpapakasal at gagawa ng sarili naming pamilya. Yung Thea at Ton-Ton na walang kahit anong ideya na maraming magbabago sa pagitan naming dalawa sa hinaharap.

Habang nag ba-bike tuloy hindi ko mapigilan sa sarili ko na hindi mapaiyak. Tulo ng tulo yung luha ko at hindi ko 'to mapigilan. Nasasaktan ako sa totoo lang. Ang sakit sakit na talaga. Dapat maging masaya ako ngayon kasama si Elton para masulit ko ang bawat sandali naming dalawa pero hindi ko kaya. Hindi ko kayang maging masaya ganong isusuko ko na talaga si Elton. Hindi ko na siya ipaglalaban at hindi ko na ipagsisiksikan ang sarili ko sa kanya.

Kaya pagkatapos ng araw na 'to, magpapaalam na ako sa nararamdaman ko sa kanya. Ayoko na siyang mahirapan pa nang dahil sa akin at sa nararamdaman ko. Bibigyan ko na siya ng pagkakataon na yung nilalaman ng puso niya ngayon ang piliin niya.

Okay na ako sa ganito. At leastness, kahit sa huling pagkakataon, nakasama ko si Elton. Muli kong nakasama si Ton-ton na minsan naging sentro ng buhay ko noon.

Napatigil ako sa pag padjak nang biglang bumaba si Elton mula sa bike.

Pagtingin ko sa kanya seryoso siyang nakatingin sa akin.

Shitness. Hindi ko napunasan yung luha ko.

Pero bago ko pa punasan yung luha ko, nakalapit na si Elton sa akin.

Hinawakan niya yung mukha ko at siya na mismo ang nagpunas sa luha ko gamit yung mga kamay niya. Nagkatitigan kaming dalawa. Punong-puno ng emosyon yung mga mata ni Elton habang nakatitig siya sa akin. Hindi ko alam kung ano ang iniisip niya.

"Don't cry," malumanay na pagmumura sa akin ni Elton.

Nyetang 'to. Umiiyak na nga ako, nagawa pa akong murahin.

Gusto ko rin sana siyang murahin pero napansin kong dahan-dahang lumalapit ang mukha ni Elton sa mukha ko. Napapikit pa si Elton. Shitness. Hahalikan niya ba ako? Ikikiss niya ako, 'di ba?

Pipikit din ba ako? Pero, bakit ba kasi kailangang pumikit kapag magki-kiss? Hindi ba pwedeng mag-kiss na nakadilat ang mga mata? May batas ba na nagbabawal ang ganon?

Ipipikit ko na sana yung mga mata ko nang biglang tumunog ang cellphone ni Elton. Napadilat tuloy siya ng mga mata at bahagyang napalayo sa akin. Bosit na yan. Pabitin.

"Wait," sabi niya sa akin tapos sinagot ang tawag niya "Hello? This is Elton. . .what? What happened to Jeninna? Okay. Saang ospital? Okay. On my way. Please, stay with here hanggang wala pa ako."

Putlang-putla yung itchura ni Elton na parang may nakakatakot na narinig.

"Anong nangyayari?"

"Si Jen daw kasi. Biglang nawalan nang malay habang nasa orphanage." kinakabahan na sabi ni Elton sa akin. "Dinala na raw nila sa ospital. Hinahanap daw ako."

"Puntahan mo na," sabi ko habang nakangiti.

"Pero paano ka?"

"Huwag kang mag-aalala. Kaya ko ang sarili ko," sagot ko "Kaya ko ang sarili ko kahit wala ka. Pero siya, hindi niya kaya kapag wala ka. Kaya puntahan mo na siya. Kailangan ka niya."

Sinungaling ka, diyosa ng mga suman. Kailangan mo rin naman si Elton bhe!

Kailangan ko rin naman talaga siya. Pero, sumusuko na 'ko. Tanggap ko na ang katotohanang wala na yung dating Ton-Ton at Thea. Ang meron nalang ngayon ay Elton at Bruhilda.

"Sigurado ka, Althea?"

Tumango ako, "Oo naman. Bilisan mo na. Ako na bahala kay Dudong at Dudang."

Hinawakan ako ni Elton sa balikat, "Thank you so much."

Thank you so much. Kung noon, ang sarap sa pakiramdam kapag pinapasalamatan ako ng ibang tao. Pero bakit nang kay Elton ko ito narinig, nadurog ang puso ko?

Tumalikod na si Elton at tumakbo nang sobrang bilis pabalik sa kotse niya. Bago siya sumakay ng kotse niya kumaway pa siya sa akin. Kumaway din ako pabalik sa

kanya.

"I love you, Ton-ton, San Goku, Elton," bulong ko sa sarili ko "Kahit na sumuko na ako sa'yo ngayon. Hinding-hindi ko makakalimutan na ikaw ang kauna-unahang lalaking minahal ko."

Ito na talaga. Paninindigan ko na 'tong pagsuko ko kay Elton.

Hindi ko na pwedeng ipilit 'tong nararamdaman ko sa kanya.

Hindi mo kasi pwedeng ipilit sa isang tao na mahalin at piliin ka niya dahil lang mahal mo siya. Kaya nga may kalayaan ang isang tao kapag nagmamahal. Pinipili niya kasing mahalin yung isang taong gusto niya mismong mahalin at hindi yung taong minamahal siya.

Kaya, mga student, wish me luck.

Wala ba kayong mga kamay? Palakpakan niyo ko!

Goodbye, Elton. You will always be my first love.

==========

Chapter 46

Enjoy! Comment comment kayo diyan. Hahaha!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 46

"Ugh! Nasaan na ba 'yun?" iritado kong sabi sa sarili ko tapos hinagis ko pa-rightness yung kama ko.

Ang gulo-gulo na ng buong kwarto ko pero hindi ko pa rin mahanap yung sobre. Ilang oras ko na yung hinahanap pero hanggang ngayon hindi ko pa rin makita. Hindi ko

alam sa sarili ko kung naiwan ko ba rito yun sa loob ng kuwarto ko o may ibang nakakuha na nun. Hindi naman pwedeng may kumuha nun dito dahil ako lang naman ang naglalabas-masok dito sa kwarto ko.

Gusto ko sanang isipin na, if everness, na may nakakuha na nun, sana man lang hindi niya nakita yung laman nung sobre. Mas magandang naitapon niya yun ng hindi nakikita ang laman. Sana hindi siya mahadera at tsismosa. Yun naman kasi ang main pointness ko, e. Yung itapon na yung sobreng naglalaman ng mga alaala naming dalawa ni Elton. Yung sobreng naglalaman ng mga larawan naming dalawa noong mga bata pa kami at yung sulat niya sa akin.

Ayokong makita yun ni Elton bhe since give upness na ang diyosa ng mga suman sa diyos ng matatambok ang pwetan. Tama na yung paghihirap ko sa kanya, no. Suko na ako. At least, hindi ako sumuko ng basta-basta, 'di ba? Kahit papaano, naipaglaban ko ang loveness ko sa kanya.

Kailangan ko nalang tanggapin na hindi na siya mapapasaakin dahil sa ibang babae na nakasentro ang puso niya. Pwede ko kayang i-requestness kay Elton na sa akin niya naman isentro ang matambok niyang pwetan? Ay! Huwag na rin, no. Suko na nga pala ako sa kanya.

Pinagpatuloy ko na hanapin yung sobre. Pinatiwarik at hinagis ko kung saan-saan yung kama ko. Pati yung luma kong cabinet binaliktad ko na rin pero hindi ko pa rin makita yung lecheng sobre. Saan ko ba kasi nailagay yun? Nakaraan lang nasa bulsa pa yun nung suot kong pantalon e. Pero nung tinignan ko naman yung hinubad kong pantalon, wala naman dun. O, nasaan napunta yun?

Mukhang senyales na talaga ito na nararapat lang na isuko ko na si Elton, no? Kita niyo naman, yung mga alaala naming dalawa bigla nalang nawala. Siguro ito na nga talaga ang senyales. Isang senyales na kailangan ko na mag move-on at huwag nang umasa pa na maibabalik ng nakaraan ang lahat-lahat sa aming dalawa. Mahirap man pero kakayanin. Para kay Elton! AJANESS!

Tulad ng pagsuko ko kay Elton, sumuko na rin ako sa paghahanap nung lecheng sobre. Iisipin ko nalang na naitapon ko iyun na hindi ko namamalayan. Tulad ng pagmamahal ko kay Elton na hindi ko namamalayan na palalim na nang palalim kaya pasakit na nang pasakit.

Lumabas na ako sa kuwarto ko at nagtungo sa dining area para mag-almusal. Naabutan ko naman si Klode at Chris doon na kumakain. Wala pa si Elton. Mukhang hindi pa siya umuuwi mula kahapon nang iwanan niya ako sa park para pumunta doon kay Jennifer Lopez.

Si Dudong at Dudang naman doon natulog sa kuwarto ni Elton kagabi. Ayaw daw nila matulog sa kuwarto ko dahil matigas ang kama. Lecheng mga biik na yun. Ang chu-choosy. Akala mo naman laki sa yaman ang mga hinayupak. Kapag ako nabadtrip, gagawin ko silang bacon, e.

"Good morning, Althea," nakangiting bati sa akin ni Klode.

Nakatabi sa kanya si Chris pero nang makita ako ni Chris, lumipat siya ng upuan. Tumabi ang piping bata sa akin na akala mo close kaming dalawa porket nagsasalita na siya na puro mura lang naman ang alam. Siguro itong si Chris pinaglihi sa mura ni Tita Cynthia, no?

"Good morning hindut na bayut," aniya ko "Good morning baby Chris na batugan."

Kinurot ko pa yung matabang pisngi ni Chris. Kakigil ka talagang batugan ka! Napasimangot lang siya tapos dedma na. Nagpatuloy na siya sa pagkain niya.

"Bukas na birthday mo, 'di ba? Anong gusto mong regalo?" tanong ni Klode sa akin.

Kumuha ako ng egg saka hotdog tapos kanin.

"Uhm. Gusto ko ng egg," sagot ko.

"Egg?" pag-ulit ng hindut "Anong klaseng egg?" naguguluhan niyang tanong.

"Egg ni Kuya mo," tugon ko "Hugasan mo muna bago mo ibalot, ha? Para cleanliness. Kasi naniniwala ako sa kasabihang cleanliness is next to honesty."

Natawa si Klode, "Haha. Yung seryoso kasi, Althea. Ano ngang gusto mo?"

"Yun nga. Tatanong-tanong tapos ayaw maniwala. Batukan kita sa noo e."

"Osige. Bukod sa egg ni Kuya Elton," nangasim mukha ni Klode "Ano pa gusto mo?"

"Uhm, hotdog ni Kuya mo," muli kong sagot "Hugasan mo rin, ha? Naniniwala kasi ako sa kasabihang sa hinaba-haba man ng prosisyon, sa simbahan din ang tuloy. Kasi sa simbahan nagsimula ang prosisyon. Alangang sa sementeryo na ang tuloy nila, 'di ba?"

Tinitigan lang ako ni Klode na parang sinasabi na 'Ang bobo talaga ng babaeng 'to kahit kailan. Hindi ba 'to minahal ng magulang niya kaya ang agang nasiraan ng bait?'

"Bakit ka ganyan makatingin? Gandang-ganda ka sa akin, no?" nginisian ko si Klode.

"Hindi no," mabilis niyang tugon "Iniisip ko lang kung saan ako makakabili ng IQ. Yun ata kailangan mo. Mukhang mula bata ka pa, iyun ang nagkulang sa'yo."

"IQ? Anong gagawin ko sa diapers?" saad ko "Tanda-tanda ko na e."

"IQ, Althea. IQ means Intelligenzquotient and not EQ which is diaper."

"Dakyu!" pagmumura ko "Huwag mo kong mamura-mura dahil mapagmahal akong tao!"

Napailing-iling nalang si Klode dahil neverness naman siyang nanalo sa akin.

Habang kumakain ako bigla kong naisip na birthday ko na nga pala bukas. First time ko mag birthday sa ibang lugar ngayon dahil sa probinsya ako noon palaging nag se-celebrateness ng kaarawan ko. Umaga palang nagluluto na si Lolo kong apat ang ngipin na puro gilagid ng suman tapos ipapamigay ito sa mga kaplastikan kong mga kapitbahay namin.

Hay! Nakakamiss din talaga ang buhay probinsya. Nakakamiss din si Lolo ko. Unang beses kong mag birthday na hindi siya kasama. Siguro bukas mag sisimba nalang ako.

Tutal naman ayokong mag celebrate ng birthday ko e. Ayoko kasing isipin na wala na talaga si Lolo ko at nag-iisa nalang talaga ako sa buhay. Siyempre, kahit sabihin nating kasama ko ang mga Falcon at dalawang biik, iba pa rin si Lolo ko. Hinding-hindi siya mapapalitan sa puso ko.

'Nung natapos akong kumain, nag-ikot-ikot naman ako sa bakuran ng mansion ng mga falcon para magpababa ng kinain. Napadaan ako sa parking lot ng mansion kaya nakita kong wala pa yung sasakyan ni Elton. Halatang doon nga siya natulog sa girlfriend niya.

Ayoko sanang isipin kung anong ginawa nila buong gabi pero itong utak ko masyadong makulit. Naisip ko na nag bahay-bahayan sila. Nagsakalan. Nagsaksakan. Tapos binugbog ni Elton yung girlfriend niya. Chos lang. Ayokong isipin na buong gabi silang magkayakap habang sinasabi ni Elton doon sa girlfriend niya kung gaano niya ito kamahal.

Hay, buhay nga naman talaga. Bakit kasi tayo nagkakagusto sa isang tao na hindi kayang ibalik yung pagmamahal na nararamdama natin sa kanila, no? Ang daling ma-inlove pero ang hirap mag move-on. Bwisit na 'yan. Ang unfairness talaga ng buhay.

Kung halimbawa man na ikasal si Elton at Beyonce, kaya ko kayang pumunta sa kasal nila? Siguro, hindi na ako pupunta kahit na libreng pakain pa 'yun at may souvenir. Hindi ko hahayaang masaksihan ng sarili ko na yung kaisa-isang lalaking minamahal ko'y gumagawa ng sumpaan sa babaeng gusto niyang makasama habang buhay. Baka kasi maging mamamatay tao lang ako pag nagkataon. Baka masaksak ko lang si father. Chos lang ulit. Mwahaha.

Habang naglalakad-lakad ako sa bakura, bigla ko nakita si Chris na nakaupo sa may mga halaman na parang may sinisilip. Agad ko siyang nilapitan dahil nga tsismosa ako 'lam niyo na.

"Huy! Anong tinitignan mo diyan?" aniya ko "Manuno kang bata ka."

Tumingin sa akin si Chris, "Sssssshhh. Don't make a noise," pagmumura niya sa akin.

Kita mo 'tong bata na 'to, nagsasalita na nga pero puro mura lang naman ang alam.

"Bakit mo ko minumura," kinurot ko pisngi niya "Huwag mo kong mamura-mura, okay? Itong hindi ako kayang mahalin ng kuya mo baka samain ka sakin!" pinandilatan ko pa siya ng mga mata.

"I'm not cussing you, Ate Althea," sagot ni Chris, "Look!" may tinuro siya.

Sinilip ko yung tinuturo ni Chris. Pagsilip ko nakita ko ang swimming pool area ng mansion.

Pero hindi yung swimming pool ang pinagtuunan ko ng pansin. Napa-focusness ang mga kyot kong mga mata sa dalawang taong magkakandungan. Naloka ako nang makita ko si Klyde na tanging brief lamang ang suot na kulay itim at si Nica na estudyante ko. Nakakandong si Nica kay Klyde habang nakayakap si Klyde sa likuran ng malanditang si Nica.

May binulong si Klyde kay Nica kaya parang kilig na kilig ang gaga. Akala mo hindi makaihi ng isang b'wan sa sobrang kilig. Napansin ko ring mas lalong humigpit ang pagkakayakap ni Klyde kay Nica. Todo ngiti si gagang Nica sa eksena nilang dalawa. Wari ko basang-basa na panty niyan ni Nica.

Ito namang si Klyde hindi ko alam ang balak niya. Nakangiti lang ito—yung pamatay na ngiti ng isang Brylan Klyde Falcon—habang yakap-yakap niya si Nica. Sigurado akong nararamdaman na ni Nica ang bukol ni Klyde sa brief niya dahil doon mismo nakaupo si Nica.

Kaswerte ng Nica na 'to. Nakabingwit ng isang Falcon. Tinalo pa 'ko. Grrrrrr!

Hinalikan ni Klyde si Nica sa pisngi tapos muling bumulong. Namula ang mukha ni Nica sa sobrang kilig. Siguro ang binulong ni Klyde "Rak kita later" kaya ganon ang reaction ni Nica. Tapos non, tumayo si Klyde at kinuha yung tuwalya saka niya ito itinapis sa katawan niya.

Hinimas pa ni Klyde yung pisngi ni Nica bago ito lumakad papasok sa likuran ng mansion.

Si Nica naman naiwang nakatulala sa kawalan habang yung mga mata ay puro puso. Nilapitan ko nga si gaga upang sirain ang pagpapantasya niya at sabihing pinagti-tripan lang siya ni Klyde dahil nga inggetera ako at ayokong maging masaya siya. Este, upang ma-warningan siya.

"Anong eksena niyong dalawa ni Klyde, aber?" nag crossed arms pa ako para kunwari

maldita.

Gulat na napatingin sa akin si Nica, "Wala naman, ma'am. Nag-uusap lang kami."

"Nag-uusap?" balik tanong ko "Nag-uusap pero nakakandong ka sa kanya? Huwag mo ko gawing tanga, Nica. Alam ko yung mga ganyang ek-ek. Papunta ka palang, pabalik na ako."

"Edi kitakits," sagot ni gaga "Kitakits tayo sa pupuntahan ko. Hehehe."

Binatukan ko siya, "Ano nga? Umamin ka na. Kailan pa nagsimula ang landian niyo ni Klyde?"

"Hindi naman kami naglalandian, ma'am," aniya niya "Na-love at first sight sa akin si sir Klyde. Na-head over heels. Na-lovestruck. Na-alam niyo na, ma'am, na-adik sa ganda ko. Ganda ko talaga."

Tumaas kilay ko, "Gaga ka. Kung anu-ano pinagsasabi mo. Yan ba epekto sa'yo nang pagsabit ko sa'yo sa puno? Nag ilusyon ka na e. Si Klyde? Na-adik sa ganda mo? Wow!"

"Ma'am, huwag kang inggetera, please. Kung 'di mo nakuha si Sir Elton, huwag mo 'ko itulad sa'yo. Support-support nalang sana, ma'am. Support mo ang relasyon namin ni Sir Klyde. KLYNIC for the win, ma'am. Gawa ka ng fansclub namin tapos bibigyan ka namin fansign. Hehe."

"Sasagot ka ba ng maayos o hindi? Gusto mo bang isabit ulit kita sa puno?"

"Edi isabit niyo, ma'am. Andiyan naman si Sir Klyde, no. Siya kaya nakakita sa akin nakaraan nung sinabit mo ako sa puno," aniya ni gaga "Nung nakita niya akong hindi na humihinga, hinalikan niya ako. Kaya ayun, bigla ulit akong nagkabuhay. Grabe, ma'am. Ang lambot ng labi ni Sir Klyde."

Napahawak pa si Nica sa magkabila niyang pisngi saka napatili. Kilig na kilig talaga ang gaga kay Klyde. Jusko naman kasi ang sex appealness nitong si Klyde masyadong pamatay.

"Nica, binabalaan kita. Playboy yang si Klyde. Huwag mo seryosohin yan."

"Ma'am, nangako sa akin si Sir Klyde na seryoso raw siya sa akin. Ako raw pinakamagandang babae na nakita niya," ngumisi si gaga "Meaning, ma'am, mas pretty pa ako sa'yo. Haha."

"Punyeta ka!" sinabunutan ko bangs niya "Makinig ka mabuti! Si Klyde, playboy yan. Meaningness din, wala yang seseryosohing babae. Kahit ikaw. Anong sinabi niya sa'yo kanina?"

"Ang sakit ng sabunot mo, ma'am. Inggit na inggit ka talaga sa akin e."

Muli ko siyang sinabunutan.

"Aray ko naman, ma'am. Masyado kang mapanakit ng magaganda. Sumbong kita kay Sir Klyde ko e. Panigurado, yari ka dun sa kanya. Ayaw na ayaw kaya niyang inaapi ako."

Kinaldagan ko si Nica sa likod. Rinig na rinig kong nalaglag yung lungs niya sa apdo niya.

"Kahit magsumbong ka kay Klyde, wala yang magagawa. Hindi niya ako kakalabanin," pagmamalaki ko "Kaya ikaw, Nica, kung ayaw mo masaktan, huwag mo papaniwalaan si Klyde. Iiyak ka lang sa huli panigurado. Huwag kang magpapaloko sa matatamis na salita ng isang playboy. Dahil ang playboy kapag nagmahal—jokeness, hindi yan nagmamahal. Bukol lang nila sa brief nila ang mahal nila."

Napatayo si Nica, "Ma'am, insecurity kills. Nagmamahalan kaming dalawa ni Klyde. At kapag kinasal kaming dalawa, sisiguraduhin ko sa'yong papatalsikin kita sa mansion na 'to, ma'am."

"Ah talaga?" walang takot kong sagot "Bago mo magawa yan, tatapusin ko muna buhay mo."

Tapos tinulak ko si Nica sa swimming pool. Nahulog siya sa 15ft na lalim ng swimming pool.

Kitang-kita ko na nalulunod si gaga, "O, ano? Lumangoy ka! Papalag ka pa?"

"Ma'am—tulong—biro—lang—ma'am!" sabi ni Nica habang nalulunod "Ma'am—hindi—ako—marunong—lumangoy!"

"Bahala ka sa buhay mo!" tumalikod na ako at maglalakad na sana nang bigla akong ma-guiltyness.

Baka mapatay ko nga 'tong si gaga at maging murdereness pa ako ng wala sa oras. Hinagis ko sa kanya yung salbabidang kulay green ni Chris. Agad naman kinuha ni Nica 'to.

"Panget ka, ma'am!" sigaw ni Nica habang nasa swimming pool "Insekyora ka, ma'am! Porket hindi mo nakuha si Sir Elton, ayaw mong pumayag na mapunta sa akin si Sir Klyde. Tse. Pangit!"

Binuhat ko yung malaking paso tapos binato ko kay Nica.

"Bleh! Bleh! Bleh! Duleng si Ma'am. Panget na nga duleng pa. Bwahahaha!"

Bwisit na Nica 'to. Nagpupuyos na talaga ako sa galit.

Sunod ko nang binuhat yung upuan na plastik. Binato ko ito kay Nica. Dahil malaki ang upuan, hindi na nagawang makailag ni gaga. Tinamaan na siya sa mukha. Kaya ayun, nawalan siya ng malay habang nakahawak siya sa salbabida at palutang-lutang siya sa swimming pool.

"Bleh! Bleh! Bleh!" panggagaya ko kay Nica, "Tse! Mas pangit ka!"

Nagpatuloy na ako sa sight seeingness sa bakuran ng mansion. Ang laki-laki pala talaga ng lupain nila. Mayaman talaga ang mga uwak. Lakad lang ako ng lakad hanggang sa makarating ako sa may malaking gate. Dumungaw ako doon at tumulala.

Habang nakatingin sa kawalan, may kotseng huminto sa harapan ko. Akala ko kotse 'to ni Elton pero hindi, ibang kotse ito at ngayon ko lang nakita. May lumabas na magandang babae sa kotse. Nginitian ako nung babae. Hindi ko siya kilala pero parang nakita ko na siya.

"Hi, Yaya Althea!" magiliw na bati niya sa akin.

"Sino ka?" aniya ko. 'Di ko talaga siya kilala. Pero pamilyar talaga mukha niya.

Ngumiti siya, "I'm Jeninna, remember? Girlfriend ni Elton Alexander."

"Jeninna na girlfriend ni Elton?" tanong ko sa sarili ko "Di ba, Miley Cyrus pangalan ng girlfriend niya? Bakit Jeninna na ngayon? Ilan ba girlfriend ni Elton?"

"Yaya Althea?" pagtawag ulit sa akin ni Jeninna.

Kanina pa siya yaya ng yaya sa akin. 'Di naman ako yaya, ha. Sasamain na 'tong babae na 'to sa akin e. Isa nalang. Isang-isa nalang talaga. Hihilahin ko yang maganda niyang buhok at ibubuhol ko yan sa leeg niyang gagita siya. Itong badtrip at stress ako kay Nica kanina ah.

"Bakit?" ngumiti ako. Yung plastic kong ngiti.

"Pwede ba tayo mag-usap?" marahan niyang sabi "Tungkol sa nangyari kahapon?"

"Nangyari kahapon?"

Tumango siya, "Yes. Yung nakita ko kayo ni Alexander sa mall na," napatigil siya

pero hindi nawawala yung ngiti niya sa labi "Na magkahawak ang kamay."

Saka ako napatigil sa sinabi niya. Naalala ko bigla yung nangyari kahapon. Oo nga pala. Nakita niya kami kahapon. Kitang-kita ko rin sa mukha niya na nasaktan siya kaya napagdesisyunan ko na talaga na isuko si Elton sa kanya. Ayoko na kasi siyang masaktan.

"Anong tungkol don?" hindi ako makatingin ng maayos sa kanya. Nahihiya ako.

Pakiramdam ko naging malandi ako ng very very lightness.

"Kung gusto mo akong saktan at bugbugin, ayos lang sa akin. Pero sana, wag kang magalit kay Elton o huwag mo siyang i-break," tumingin ako sa kanya. Seryoso siyang nakatingin sakin "Huwag mo siyang i-break kasi walang namamagitan sa aming dalawa. Ikaw ang mahal ni Elton."

Sumikip yung dibdib ko sa sinabi ko. Pero yun naman kasi ang totoo, 'di ba? Siya ang mahal ni Elton. Kaya nga nung nalaman ni Elton na nasa ospital na naman siya, nagawa na agad akong iwan ni Elton, 'di ba? Para kasi kay Elton, siya ang pinakamahalaga sa lahat.

"Gusto kong mag-usap tayo ng maayos. Pwede?" seryoso pa rin siya.

Napatango nalang ako. Inalog-alog ko yung gate pero hindi ito bumukas. Naalala kong automatic nga pala ito kaya wala akong choiceness kundi akyatin ang gate para makalabas.

"Althea! Bakit ka umaakyat diyan? It's too dangerous!" gulat na gulat na sabi ni Jeninna.

"Huwag kang mag-aalala," aniya ko habang umaakyat sa gate "Dati akong miyembro ng akyat bahay sa probinsya namin. Sanay ako sa akyatan!" pagmamalaki ko.

Kabadong-kabado si Jeninna habang nasa itaas ako ng gate. Saka ako tumalon papunta sa kabila.

"O, 'di ba? Malupit ata 'tong si Althea Josefa!"

Natawa siya, "Pinakaba mo ako. So, pwede na tayo mag-usap?" tumango ako "Tara sa loob ng sasakyan ko."

Naunang pumasok ng sasakyan si Jen saka naman ako pumasok sa loob.

Kabadong-kabado ako habang nasa loob ako ng sasakyan niya. Walang nagsasalita sa aming dalawa. Tahimik lang si Jen. Pinag-iisipan ba niya kung paano niya ako

papatayin dahil nakita niya kami ng boyfriend niya? Jusko, huwag naman sana. Bata pa ako. Hindi pa ako readyness na kitain si Lolo ko sa heaveness. Ayoko munang makipag meet and greet kila Itay at Inay.

Habang tahimik si Jen, pinagmasdan ko siya. Ang ganda-ganda talaga niya. Bagay na bagay sila ni Elton. Isang gwapo at isang maganda. Perfectness siyang maging bride ni Elton.

"May gusto lang akong linawin," paninimula ni Jeninna.

Napalunok ako, "Sobrang labo ba? Baka walang antenna." pagbibiro ko.

Hindi siya tumawa. Wala siyang humorness. Amp!

"Alam kong hindi ka talaga Yaya ni Chris," napatitig ako sa sinabi niya. "Gusto kong malaman kung ano ba talaga ang meron sa inyo ni Alexander. At kung ano ang nararamdaman mo sa kanya. Please, huwag ka magsinungaling. Gusto ko malaman ang totoo."

Parang sinasaksak ang puso ko habang nakikita ko ang mga mata ni Jeninna. Naluluha siya.

Huminga ako ng malalim, "Walang namamagitan sa amin ni Elton, Jeninna." pag-amin ko "Yung nakita mo kahapon? Una at huling beses na yun. Kasi, ikaw ang pinili ni Elton. Oo, inamin niya sa akin na may nararamdaman siya sa akin. Pero, kumpara sa pagmamahal niya sa'yo? Walang-wala yung nararamdaman niya para sa akin. Pag-aari mo ang puso ni Elton. Iyong-iyo yun."

"I see," saad niya. 'Di siya ngumiti. Nakatitig lang siya sa harapan.

"Is it true that you two are gonna get married?"pagmumura niya.

English yun, ha. 'Di ko alam ang tagalog version. Shitness na yan.

"I'm not graduating," aniya ko "You knowness. Yes, you knowness."

"Ha?" naguguluhan niyang sagot. 'Di niya na-gets english ko. Mahina pala siya sa english. "I mean, totoo bang ikakasal kayong dalawa?"

Tumango ako, "Oo. Pero huwag kang mag-aalala. Hindi na yun matutuloy. Ikaw lang ang babaeng gustong pakasalan ni Elton. Ikaw lang at wala ng iba. Kahit masakit sa akin, kailangan ko yun tanggapin. Kapag mahal mo kasi, kahit mahirap sa parte mo, tatanggapin mo yung mga desisyon niya. Irerepesto mo yung taong napili niya. Kaya yun ang ginagawa ko, nirerespeto ko ang desisyon ni Elton. Nirerespeto ko ang relasyon niyong dalawa."

"Mahal mo ba si Alexander?"

"Importante pa ba yun?"

"Yes. Importante yun," saad niya.

"Oo. Mahal na mahal ko siya."

"Ako rin," tugon niya "Mahal na mahal ko siya. But our love to each other are different. He loves me because he thinks I need that love. While I love him because my heart wants me to." english na naman ampots. Tumingin sa akin si Jeninna, "Habang ikaw, tingin ko, mahal ka talaga ni Elton. He loves you for being you. For being his everything back then. For being his one and only since you two were still young. The letter for you by Alexander says it all."

Hindi ko ma-gets yung sinasabi niya. Pero alam kong masakit yun sa parte niya kasi nakikita ko na siyang umiiyak. Umiiyak siya na hindi ko alam ang dahilan. May sayad ba siya?

"Mahal mo ba talaga si Alexander?" muli niyang tanong.

Paulit-ulit naman si ate niyo. Kairita.

"Oo," aniya ko "Pero ikaw ang mahal niya tapos mahal mo rin siya. Kaya, wala akong laban."

"No, Althea. Ako ang walang laban sa'yo. Before the war started, I already lost to you." ngumiti si Jeninna "Alam mo bang minsan kapag natutulog si Alexander, may tinatawag siya sa panaginip niya?"

"Anong tinatawag niya?"

Malungkot siyang ngumiti, "Tinatawag niya yung pangalan na Thea. Sabi niya "Thea, wait for me. Babalikan kita. I'll marry you." I thought, panaginip lang yun at isang beses lang yun mangyayari. Pero, ilang beses iyun naulit. Ang weird lang dahil walang natatandaan si Alexander after nun. Pero I'm sure, puso niya nagsasabi nun. Puso niya ang tumatawag sa pangalang Thea."

"Teka, hindi kita ma-gets." naguguluhan kong sabi.

"Hindi mo na kailangan ma-gets yung sinasabi ko," aniya niya "May favor lang sana ako sa'yo."

"Ano yun?"

"Alagaan mo sana si Alexander." sabi ni Jeninna "Treasure him more than anything else. I need him but you're the one that he needs. I guess, ito na yung right time para gawin ang bagay na matagal ko na sanang ginawa. So, please, you guys must be happy. I wish the best to the both of you."

Nakatulala pa rin ako sa kawalan mula nang lumabas ako ng kotse ni Jeninna hanggang sa umalis ang sasakyan niya. Hindi ko naintindihan yung mga sinasabi niya.

Ano raw? May sayad ba yun?

==========

Chapter 47

Comment po! >:D

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 47.

Hindi ko talaga inaasahan na ganun-ganun lang yung mangyayaring pag-uusap sa aming dalawa ni Kelly Clarkson kanina. Nung nakita ko siya at nang tinanong niya ako kung pwede ba kaming dalawa mag-usap, inaasahan ko nang dadanak ang dugo mula sa bumbunan ko. Akala ko bubugbugin niya ako dahil nakita niyang kasama ko ang boyfriend niya at kahawakan ko pa ng kamay. Pero hindi naman siya nagalit. Ang hinhin niya pa magsalita. Para siyang anghel.

Hindi ko rin maintindihan yung pointness niya at kung bakit ginusto niyang makipag-usap sa akin kanina. Bukod sa puro english pa yung mga sinabi niya, tinanong niya rin ako kung ano ang tunay na namamagitan sa amin ni Elton bhe. At kung ano ba kami ni Elton sa isa't isa.

Natural sinagot ko siya ng totoo. Sinabi ko sa kanya na mahal ko si Elton pero hindi ganun ang nararamdaman ni Elton sa akin. Hindi naman niya kailangang mag-aalala dahil sa simula't simula palang, siya na talaga ang pinili ni Elton bhe. Hinding-hindi yun magbabago kahit maging bobo pa ako. Siya lang yung babaeng nilalaman ng puso't alak-alakan ni Elton kaya sumuko na rin ako.

Iyun naman kasi talaga ang mahalaga kapag nagmamahal ka. Kailangan alam mo ang limitasyon mo. Kailangan alam mo kung hanggang saan mo siya dapat ipaglaban. At kung hinihingi na ng pagkakataon na isuko mo yung taong mahal mo, wala kang magagawa kundi isuko siya. Hindi dahil tinatanggap mo na sa sarili mo na hindi mo siya makukuha. Kundi dahil tinatanggap mo na sa sarili mo yung desisyon niya na hindi ka niya kayang piliin dahil may iba na siyang napili.

Sa totoo lang, sobrang sakit sa parte ko 'tong ginawa kong desisyon. Mula noong mga bata palang kaming dalawa ni Elton at hanggang ngayong matatanda na kami, kahit hindi niya na ako naaalala, siya pa rin talaga yung mahal na mahal ko. Pero kailangan ko talaga siyang palayain. Nakikita ko kasi yung pagmamahal ni Elton para kay Jeni—Jennifer Lopez. Yung pagmamahal niya para doon ay yung klase ng pagmamahal na hinding-hindi niya maibibigay sa akin.

Siguro, hindi lang talaga kami para sa isa't isa ni Elton. Siguro, nakilala ko lang talaga siya para iparanas sa akin kung gaano kasarap at kasakit ang unang pagmamahal.

Sigurado rin akong may kaisa-isang lalaki diyan na nararapat para sa akin. Yung magmamahal sa akin ng kung ano ako. Kung gaano ako kaganda at katalino. Yung lalaking magpapatunay sa akin na kaya hindi ako napunta kay Elton kasi para ako sa kanya.

Nasaan na kaya siya? Sana guwapo rin siya. Sana rin matambok ang pwetan niya. Para kapag boredness ako, pipisil-pisilin ko pwet niya. Hay. Sana makilala na kita. Whereness na youness?

Hindi ako makatulog ngayon kahit dis-oras na ng hating-gabi. Hindi dahil excitedness ako sa birthday ko kinabukasan. Sa totoo lang, hindi ako nakakaramdam ng kahit anong specialness na feelingness dahil mag bi-birthday na ako. Nalulungkot nga ako e. Kasi unang beses ko talagang mag birthday ngayon na hindi ko na kasama si Lolo Philip. Ang sadness lang mga bhe.

Si Dudong at Dudang sa kwarto ulit ni Elton natulog. Dumating na si Elton kanina at sumabay pa sa amin maghapunan. Mukhang pagod na pagod siya kaya afterness kumain, umakyat na agad siya sa kwarto niya kasama yung mga biik. Hindi tuloy kami nakapag-usap. Mukha siyang problemado.

Sinceness hindi makatulog ang diyosa ng mga suman, lumabas muna ako ng kwarto ko. Ang dilim na sa loob ng mansion at halatang humihimlay na ang mga tao rito. Kahit natatakot ako at baka makakita ako ng multong naka-split, lakas loob akong naglakad palabas ng mansion.

Apat na b'wan na rin pala simula nang dumating ako rito sa mansion ng mga falcon. Parang kailan lang. Ang bilis lumipas ng panahon. Kasing bilis niyong maghiwalay ng siyota mo. Bwahaha.

Sa apat na b'wan ko rito, ang dami ko natutunan. Ang dami kong naging ka-plastikan at mas marami akong ini-snob sa personal. Yung mga taong nakatira rito, naging

parte na rin ng pagkatao ko. Hindi ko na tuloy ma-imagine ang buhay ko if everness umalis ako sa mansion na 'to.

Pero alam kong isang araw, kapag ikinasal na si Elton at yung girlfriend niya, kailangan ko na rin lisanin ang mansion na 'to. Hindi ko kayang makasalamuha yung lalaking mahal ko na ikinasal sa iba. Tortureness yun sa sarili ko. Parang araw-araw akong pinapako sa krus.

Napadpad ako sa garden ng mansion tapos umupo ako sa damuhan. Pinagmasdan ko ang kalangitan. Ang daming bituin. Sana may bumagsak na bulalakaw tapos tumama kay Elton. Para naman wala ng makinabang sa kanya. Kung hindi siya mapupunta sa akin, pwes, mamatay nalang siya, no. Jokeness lang. 'Di naman ako ganon kasama. Sana lang mabaog siya. Wahaha.

"Anong tinatawa-tawa mo diyan?" bigla akong may narinig na nagsalita.

Pagtingin ko sa harap ko, nakita ko si Elton na nakatayo. Naka-short siyang kulay itim tapos white sando na fitted sa macho niyang katawan. Kainis, bakit hindi siya naka-boxer? Grrrr!

"May nakakatawang bagay lang akong naisip," aniya ko "Gising ka pa pala?"

Tumango siya, "May tinatapos akong trabaho," tugon niya tapos umupo sa tabi ko. "Saka, hindi rin ako makatulog. Nakita kitang naglalakad papunta rito kaya sinundan kita."

"Kung umuwi kaya ako sa probinsya namin, susundan mo rin kaya ako?"

Nagulat siya, "Bakit? May plano ka bang umuwi sa probinsiya niyo?"

Napatango ako, "Oo. Kapag,"

"Kapag?"

"Kapag kinasal na kayo ng girlfriend mo," mahina kong tugon. Kumirot yung dibdib ko.

Huminga ng malalim si Elton saka napaiwas ng tingin, "Hindi pa naman sure yun."

Ngumiti ako kay Elton, "Pakasalan mo siya, Elton." aniya ko "Mahal na mahal ka niya. Kitang-kita ko. Alam kong masaya ka sa kanya at mahal na mahal mo rin siya. Kayong dalawa ang nababagay."

Ano ba 'tong mga pinagsasabi ko. Bakit ganito? Kahit alam kong nasasaktan ako hindi ko pa rin kayang tumigil. Ito lang kasi ang kaya kong gawin para sa kanilang

dalawa. Yung maging masaya para sa kanila. Hindi dapat ako magtanim ng sama ng loob kasi hindi masarap ang bunga nun.

"Halimbawa na pakasalan ko si Jen," sumagot si Elton "Ikaw, anong plano mo?"

"Plano ko tumakbo para sa posisyon ng presidente sa samahan ng mga martir,"

"Ha?" naguluhan niyang sagot "Hindi ko narinig."

Natawa ako, "Sabi ko babalik ako sa probinsya namin. Doon ko ipagpapatuloy ang buhay ko. Baka andun talaga ang lalaking nararapat sa akin."

Nagtangis ang bagang ni Elton. Para bang may nasabi akong hindi niya nagustuhan.

Umihip yung hangin kaya muli akong tumingala sa kalangitan. Naramdaman kong humiga si Elton sa damuhan. Ang sweetness sana ng eksena. Parang dalawang taong nagmamahalan habang sabay pinagmamasdan yung mga bituin na kumikinang.

Nasa ganun kaming posisyon nang bigla na namang sumikip ang dibdib ko. Ang sakit-sakit talaga sa pakiramdam. Ang lapit-lapit lang ni Elton sa akin ngayon pero parang ang layo-layo niya pa rin. Para siyang bituin sa langit na kahit nakikita ko na, hindi ko pa rin mahawakan. Hindi ko siya kayang abutin. Kahit sabihin ko sa kanya na mahal na mahal ko siya, hindi pa rin yun sapat. Yung pagmamahal ko sa kanya hindi siya kayang abutin. Wala tuloy akong ibang kayang gawin kundi pagmasdan nalang siya sa malayo. Pagmasdan habang kumikinang kasama ang ibang bituin.

"Alam mo," muling nagsalita si Elton "Hindi ko ma-gets si Jeninna lately."

"Bakit naman?" bigla akong kinabahan.

Hindi ko alam kung sinabi ba ni Taylor Swift kay Elton na nagkausap kami kanina. Kailangan ko bang sabihin kay Elton? Pero wala naman kaming ibang pinag-usapan e. Siguro, hindi na kailangan. Mananahimik nalang ako. Wala namang nangyari. Nag-usap lang naman kami.

"Ewan ko ba. Hindi ko maipaliwanag," aniya niya. Inilagay ni Elton yung dalawang kamay niya sa ulunan niya habang nakahiga siya "Alam kong may gumugulo sa kanya pero hindi niya sinasabi. Usually palagi niya sinasabi yung problema niya pero ngayon hindi na."

Alam niyo yung masakit? Yung kausap mo nga yung taong mahal mo pero yung taong mahal naman niya yung topicness niyong dalawa. Pero kailangan mong indahin yung sakit. Gusto mo kasi siya makausap at sa pag-uusap lang na 'to kuntento ka na.

"Nag-usap ba kayo?" todo kabado ako sa tanong ni Elton.

Umiling ako, "Hindi. Bakit naman kami mag-uusap? 'Di naman kami close."

"Hay," mukha siyang problemado "If ever man na magkausap kayo. Please, huwag na huwag kang magbabanggit ng kahit ano sa kanya."

"Ano naman sasabihin ko sa kanya?"

Tumingin si Elton nang diretso sa mata ko, "Na naguguluhan na ako sa feelings ko sa kanya. Na pakiramdam ko, hindi na ako sure sa kanya. Ayoko siyang masaktan. Kaya hanggang maaari at hindi pa nararapat, hindi ko muna sasabihin. Kailangan ko muna masigurado kung ano ba talaga ang tunay kong nararamdaman. Mas nasasaktan ako kapag nasasaktan si Jeninna."

Kaya pala mas pinili mo na ako nalang ang masaktan at mahirapan? Kasi hindi mo kayang makita siyang nasasaktan dahil sa sitwasyon natin ngayon?

Doon palang talo na ako. Sigurado na 'kong wala akong dapat asahan kay Elton.

"Oo naman," ngumiti ako "Hindi mo na kailangan sabihin yun. Saka, ayos lang sa akin na siya yung piliin mo Elton. Kailangan niyo ang isa't isa. Kailangan mo siyang pasiyahin."

Napaiwas ako ng tingin. Nagulat nalang ako bigla nang biglang hilahin ni Elton yung kamay ko kaya napahiga ako sa braso niya. Nakahiga na kaming dalawa ngayon sa damuhan habang unan-unan ko yung braso ni Elton na ma-muscleness.

"Elton, ano ba?"

Tinutulak ko si Elton para sana makatayo ako pero bigla niya akong yinakap. Isinandal pa ni Elton yung ulo niya sa ulo ko. Naamoy ko yung mabangong amoy ni Elton.

"Ssshhh. Huwag kang magulo. Inaantok ako." sabi niya saka pumikit pa.

Hindi na ako nakagalaw. Hindi na nagpilit tumayo. Trinaydor na ako ng sarili kong katawan at hinayaan nalang si Elton na yakapin ako habang yakap-yakap niya ako at nakahiga kami sa damuhang dalawa. Ramdam na ramdam ko yung bilis ng tibok ng puso ko.

Ang bilis-bilis ng tibok ng puso ko hindi dahil kinikilig ako sa mga oras na 'to. Ang bilis ng tibok dahil nasasaktan ako. Ang sakit-sakit dahil hindi ko na alam kung saan ko ilulugar ang sarili ko kay Elton. Sinabi kong isusuko ko na siya pero itong mga ginagawa niya sa akin ay nagbibigay na naman ng bagong pag-asa sa sarili ko. Pag-asang hindi ko alam kung dapat ko bang panghawakan.

Itinagilid ko ang ulo ko at nakita kong nakapikit si Elton. Tinitigan ko ang maamong mukha ni Elton na mukhang natutulog na habang yakap-yakap pa rin ako.

Hindi ko maiwasang hindi maiyak habang nakatitig ako sa mukha ni Elton. Mahal na mahal ko talaga 'tong timawa na 'to. Mula noon hanggang ngayon. Mula Ton-ton hanggang Elton. Siya lang talaga ang minamahal ko. Siya lang ang sinisigaw ng puso ko. 'Di niya ba naririnig?

Wala sa sarili kong hinaplos ang mukha ni Elton. Mula sa noo niya pababa sa labi niya. Habang ginagawa ko yun, nararamdaman kong napupunit ang puso ko. Hindi ko inaakalang sa paghaplos ko lang ng mukha niya makakaramdam na agad ako ng sakit.

Lord, hindi ako naging palahinging tao sa inyo. Naging kuntento ako sa kung anong meron ako. Hindi ko kayo sinisisi nung kinuha niyo sa akin yung mga magulang ko at pati na rin si Lolo Philip. Pero, Lord, mapagbibigyan niyo ba ako? Pwede niyo bang ibigay sa akin 'tong si Elton? Siya lang kasi talaga ang gusto ko, Lord. Siya lang talaga ang kailangan ko.

Bumukas yung mga mata ni Elton kaya agad kong binawi yung kamay ko.

"Umiiyak ka ba?" malungkot na tanong ni Elton sa akin.

Agad akong umupo at nagpunas ng mga mata, "Hindi, no. Napuwing lang ako."

Magsasalita sana si Elton nang biglang tumunog yung cellphone niya. Umupo rin siya.

"12am na," aniya niya "Happy Birthday." ngumiti siya.

"Salamat," ngumiti rin ako.

Unti-unting nawawala yung ngiti ni Elton kasabay ng dahan-dahang paglapit ng mukha niya sa mukha ko. Hindi na ako nakaiwas. Ang bilis ng pangyayari. Naramdaman ko nalang na nakadikit na yung labi ni Elton sa labi ko. Nakapikit siya habang hinahalikan niya ako.

Nang umihip nang malakas ang hangin, napapikit na rin ako. Hinayaan ang sarili ko maramdaman ang halik ni Elton na imbis kilig ang dulot sa katawan ko, kirot ang ibinigay sa puso ko. Sa unang pagkakataon, hindi ako kinilig sa halik ni Elton. Nasaktan ako dahil nagiging tanga na naman ako.

"Magluto ka ng suman bukas," sabi ni Elton nang humilaway ang labi niya sa labi ko. "Gusto ko matikman yung suman mo. Kailangan ako ang unang makatikim bago ang iba."

Napatango-tango nalang ako sa sinabi ni Elton. Naging sunud-sunuran sa kanya. Naging uto-uto kahit hindi ko alam kung ano ba talaga ako para sa kanya.

**

Kinabukasan, nagising nalang ako nang may kumatok sa pintuan nang kwarto ko. Antok na antok kong minulat yung mga mata ko. Naalala kong anong oras na ako natulog kagabi dahil kasama ko si Elton sa garden. Naalala kong muli na naman akong nagpakatanga para kay Elton.

"Tuloy," aniya ko nang umupo ako sa gilid ng kama ko.

Bumukas ang pintuan. Iniluwa nito si Klode na nakangiti.

"Happy Birthday," sabi niya "Tara."

"Anong tara? Saan?"

"Basta. Tara," hinawakan niya ako sa braso kaya napatayo ako. "Pero kailangan ko munang piringan yung mga mata mo. May surprise kami sa'yo."

Bago pa ako makaangal, tinakpan na ng hindut na bayut ang mga mata ko.

"Saan ba tayo pupunta?" saad ko habang naglalakad kami palabas. Wala akong makita leche.

"Basta. Huwag ka na umangal." sagot ni Klode.

Sumunod nalang ako sa gusto ng hindut na bayut. Todo lakad kaming dalawa. Medyo malayo ang nilalakad namin at wala talaga akong makita. Naramdaman kong lumabas kami ng mansion.

Maya-maya pa huminto na kami sa paglalakad.

"Kapag bilang ko ng tatlo, tanggalin mo yang piring mo sa mata mo, ha."

"K." snob kong sagot dahil nga kakagising ko palang.

"Okay. 1, 2, 3!" sigaw ni Klode kaya tinanggal ko na biglaan yung piring sa mata ko.

"HAPPY BIRTHDAY!!!" sabay-sabay na sabi ng mga tao sa harapan ko.

Hindi agad ako nakapag-react nang makita ko si Klode, Klyde, Chris, Ate Betty, Kuya Rudolf, Nicca, at ilan pang katulong sa harapan ko. May mga confetti pa silang

pinasabog sa harap ko kaya para akong naligo ng confetti. Napatakip ako ng bibig ko dahil ang baho ng hininga ko. Chos!

Hinanap ko si Elton sa kanila pero hindi ko siya makita.

"Kung hinahanap mo si Kuya Elton, wala siya. Maagang umalis. May meeting daw siya sa kumpanya," sabi ni Klyde sa akin.

"Hindi ko naman hinahanap yun, no. Asa pa siya," pagtanggi ko.

"Sus. Haha," natawa ang kabayo "Pero huwag ka mag-aalala. Uuwi rin daw si Kuya bago mag lunch."

Lumapit sa akin si Nicca. May dala siyang kulay violet na cake, "Happy Birthday, ma'am. Hipan mo ang kandila, ma'am, bago ako mabadtrip sa'yo."

Binatukan ko siya, "Ikaw lumalaki na yang sungay mo, ha. Maldita ka na?"

"Hehehe. Biro lang, ma'am," sabi niya "Sana last birthday niyo na 'to, ma'am."

"Alright! Kain na tayo!" pag anunsyo ni Klyde saka siya lumapit sa lamesa.

"Sir Klyde, subuan mo 'ko. Hihihi." kilig na kilig na sabi ni Nicca.

"Yoko nga. Bahala ka sa buhay mo," aniya ni Klyde na 'di man lang tinitignan si Nicca.

"Wahahahaha!" napatawa ako bigla kaya sinamaan ako ng tingin ni gagang Nicca.

Nagsipuntahan na sila sa mahabang lamesa at nagsimula nang kumain.

Lalapit na rin sana ako para kumain nang bigla kong marinig yung boses ni Elton.

"NASAAN SI ALTHEA?" sigaw niya na sobrang lakas.

Lahat kami napatigil sa ginagawa namin at napatingin sa pintuang papunta rito sa kinaroroonan namin. Iniluwa nito si Elton na galit na galit ang itchura. Napahinto siya sa paglalakad pero muling nagpatuloy nang makita niya ako. Sumama ang tingin niya sa akin. Hindi ko alam ang nangyayari.

Nang huminto si Elton sa harapan ko, bigla niya akong hinawakan sa magkabila kong balikat at inalog-alog ng sobrang lakas. Halos masaktan ako sa ginagawa niya.

"Aray ko, Elton. Ano ba?" nag pupumiglas ako pero 'di niya ko binibitawan.

"What the fuck did you say to Jeninna?" galit niyang tanong. Parang nagpipigil pa sa galit si Elton ngayon habang kausap ako. "Tinanong kita kagabi, sabi mo hindi kayo nagkausap ni Jen. Pero, tangina, Althea. Nagsinungaling ka. Anong sinabi mo kay Jeninna? Bakit siya nakikipaghiwalay sa akin? Bakit niya sinabing. . .bakit niya sinabing mas mabuting maghiwalay nalang kaming dalawa?"

Yung tono ng boses ni Elton ay pinaghalong galit at nasasaktan. Hindi ko alam ang nangyayari o kung anong napag-usapan nila ng girlfriend niya. Pero nasasaktan ako sa ginagawa niya.

"Wala. . .wala akong sinabi sa kanya," saad ko "Aray ko, Elton. Nasasaktan na ako."

"Mas lalo kang masasaktan sa akin kapag 'di ka umamin!" sigaw niya sa mukha ko.

"Kuya, ano ba? Nasasaktan na si Althea!" sumigaw si Klyde.

Lalapit sana si Klyde sa akin pero binantaan siya ni Elton.

"Huwag kang makialam dito, Klyde. Wala kang kinalaman dito! Masasaktan ka sakin. Subukan mong lumapit!" pagbabanta niya sa kapatid niya. "Umamin ka, Althea. Anong sinabi mo kay Jeninna?"

Nakakatakot si Elton. Ngayon ko lang siya nakita na ganito kagalit. Ibang-iba siya magalit. Kaya pati yung mga katulong hindi makagalaw sa kinatatayuan niya. Pati si Chris nagtago sa likod ni Klode.

"Wala nga akong sinabi. Bakit ba ayaw mong maniwala?"

"Dahil obviously, walang kapani-paniwala sa mga sinasabi mo. Mula noon hanggang ngayon sinungaling ka!" muli niyang sigaw "Ikaw Promdi ka, mula ng mapunta ka rito sa mansion, gumulo na ang lahat. Akala ko nagkakagusto na ako sa'yo pero hindi pa pala. Naguluhan lang ako. Ngayong sigurado na ako na si Jen talaga ang mahal ko, saka naman nagulo ang plano ko. Hindi ba sinabi ko sa'yo na huwag na huwag kang magsasalita ng kung ano sa kanya?"

"Wala naman akong sinasabi."naiiyak kong tugon.

"Kung wala, bakit siya nakikipaghiwalay?!" gigil niyang sagot "Althea, tangina. Naging malinaw usapan natin. Bakit ganito? Bakit mo ko ginago? Akala ko okay tayo. Pero ano bang sinabi mo sa kanya? Kung ano man yun, sigurado akong ginawa mo yun para lang siya na mismo ang makipaghiwalay sa akin at ma-solo mo ako. Shit, Althea. Kapag may nangyaring masama sa kanya, hindi kita mapapatawad, Althea. Swear to God, hinding-hindi kita mapapatawad!"

Binitiwan ni Elton ang balikat ko. Pero nananatili pa ring masakit ito. Tulad ng pagsakit ng puso ko ngayon. Hindi ko na alam ang nangyayari. Hindi ito mag sink-inness sa utak ko.

Napatitig nalang ako kay Elton. Nakita kong dinukot niya yung wallet niya saka kumuha ng tag-iisang libo. Saka niya 'to hinagis sa pagmumukha ko. Nagkalat ito sa harapan ko. Nagulat yung lahat sa ginawa niya. Walang nakapa-reactness sa nangyayari.

"Ayan, pera. Pera lang naman ang gusto mo, 'di ba? Kaya ka nga napunta rito sa mansion dahil gusto mo akong pakasalan para sa pera? Hindi ba binayaran ka ni Lolo para pakasalan lang ako dahil mukha kang pera? Pwes, yan. May pera kana ulit!" nasasaktan na ako. "Yang pera na yan, kunin mo na yan at umuwi ka na sa pinanggalingan mo. Huwag na huwag mo na ipapakita ang pagmumukha mo sa pamamahay na 'to. Looking at your face makes me sick!"

Nilampasan niya ako. Akala ko aalis na siya pero muli siyang nagsalita, "Kung ano man yung sinabi mo kay Jeninna, malalaman ko rin yun. Pipilitin kong ayusin ang ginawa mong gulo sa pagitan naming dalawa. Kung kailangan ko siyang pakasalan, gagawin ko. Kaya ikaw, makakaalis ka na sa mansion na 'to. Umalis ka na sa buhay namin lalong lalo na sa buhay ko," sabi niya "Kapag bumalik ako ng mansion na 'to, kailangan wala ka na. Huwag mo ng hintayin na ipakaladkad pa kita sa pulis."

Nang umalis na si Elton saka na nag dahan-dahang bumagsak yung mga luha ko. Nasasaktan ako sa mga pinagsasabi ni Elton. Pakiramdam ko, ang liit-liit kong tao ngayon. Pakiramdam ko, ang dumi-dumi ko sa paningin niya dahil ang akala niya pera lang talaga ang habol ko sa kanya.

Hindi ko alam kung ano ang nangyari sa pagitan nilang dalawa ng girlfriend niya at kung bakit ganun siya kagalit sa akin ngayon. Wala naman kasi talaga akong sinabi. Wala akong ginawa. Hindi ba't sinusuportahan ko pa nga silang dalawa? Pero, bakit naging ganito?

Ito na ang pinakamasakit na kaarawan na naranasan ko.

Naramdaman kong yumakap si Chris sa mga hita ko. Napatingin ako sa kanya. May awa sa mga mata ni Chris. Pagtingin ko kila Klyde, lahat sila may awa sa mga mata nila. Mga awa na para sa akin.

Yumuko ako at yinakap si Chris nang mahigpit.

"Maligayang kaarawan para sa akin," saad ko "Ang saya. Ang saya-saya."

Gusto kong ipakita sa kanila na hindi ako nasaktan sa nangyari at sa mga sinabi ni Elton. Pero nang hawakan ni Chris ang mukha ko, mas lalong naglaglagan yung mga luha ko. Mas lalong umagos palabas yung mga luha ko sa mata. Iyak lang ako ng iyak. Umiiyak ako habang yakap-yakap ko si Chris na akala mo'y naiintindihan ang nangyayari.

Totoo bang nangyari lahat ng ito? Utang na loob. Panaginip lang 'to, 'di ba?

Gusto kong isipin na panaginip lang 'to. Na isang masamang panaginip. Kagabi okay pa kami ni Elton, 'di ba? Nagkausap pa nga kami e. Hinalikan niya pa ako. Panaginip 'to, 'di ba?

Pero hindi ito panaginip. Alam kong totoo ito.

Yung mga sinabi kasi ni Elton kanina ay nakatatak na sa puso ko ngayon.

Maligayang kaarawan, Althea. Nawa'y masaya ka ngayon kahit sobra-sobrang sakit na ang nararanasan mo.

Dito na talaga natatapos ang kwento naming dalawa.

==========

Chapter 48

Play Somewhere Down The Road by NINA while reading this chapter!

Enjoy! Huwag kalimutang mag komento. Thanks, studentness!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 48.

Halo-halong emosyon ang nararamdaman ko ngayon habang isinisilid ko sa dalawang maleta ko yung mga gamit ko. Hindi ko na alam kung ano ba ang dapat kong maramdaman ngayon. Kung dapat ba akong matuwa dahil kaarawan ko ngayon. Kung kailangan kong malungkot dahil ito na ang huling araw ko sa mansion ng mga falcon. O, kung dapat ba akong magalit sa mga pinagsasabing masasakit na salita ni Elton kanina? Ang gulo-gulo na talaga ng isipan ko.

Pero kahit nagugulahan ako sa nangyayari sa akin ngayon, hindi ko mapagkakailang

nasasaktan ako. Ang sakit-sakit punyemas. Sa totoo lang, habang nag-iimpake ako, gusto ko sanang umiyak nang umiyak. Gusto kong magwala. Gusto kong magmura. Pagmumurahin si Elton.

Pero hindi ko maaaring gawin iyun. Ayokong lalo pang mag-alala sa akin yung mga tao dito sa mansion ngayon. Gusto ko, kung ito man ang huling araw na makikita nila ako, isang masayang ngiti ang maaalala nila sa akin. Gusto kong nakangiti ako kapag umalis ako. Ayokong malungkot sila. Dahil kapag nakita kong nahihirapan sila sa pag-alis ko, tiyak mas mahihirapan akong umalis.

Huminga ako ng malalim nang malalim nang maramdaman kong tutulo na naman yung mga luha ko. Ayoko na umiyak potainis na iyan. Kanina, iyak din ng iyak si Chris nang yakap-yakap niya ako. Halos hindi na siya makahinga. Kaya tumigil na ako sa pag-iyak dahil para sa kanya. Kahit ilang taon palang si Chris, mukhang alam niya na ang nangyayari. Mukhang alam niya na aalis na ako.

Nanginginig ang mga kamay ko nang ilagay ko yung huling gamit ko sa isang maleta. Tumayo na ako at pinagpagan ang sarili ko. Inilibot ko ang mga mata ko sa kuwartong ito. Itong kuwarto na 'to na naging saksi sa bawat saya, lungkot, kilig, at pagmamahal ko kay Elton.

Binuhat ko na yung dalawa kong maleta at lumabas na ng kuwarto ko. Paglabas ko papuntang sala ng mansion, nadatnan ko sila Klode, Chris, Ate Betty, Kuya Rudolf, Nicca, at ilang pang mga katulong na hindi ko alam ang pangalan kasi nga snob ako sa personal. Hindi ko alam kung nasaan pumunta si Klyde. Saan na naman kaya pumunta yung playboy na yun?

Malulungkot ang mga mata nila. Nang mapatingin sila sa akin, papaiyak na sila. Pinigilan lang nila ang sarili nila dahil kabilin-bilinan ko kanina na ayaw kong may iiyak sa pag-alis ko.

"Ma'am, kailangan mo ba talagang umalis ngayon?" naiiyak na tanong ni Ate Betty.

Malungkot ko siyang nginitian, "Kailangan, Ate Betty. Narinig mo naman yung sinabi ni Elton kanina, 'di ba? Kailangan sa pagbalik niya, wala na ako rito. Kundi ipapakaladkad niya ako sa pulis."

"Althea, kakausapin ko si Kuya Elton," pag singit naman ni Klode "Kukumbinsihin ko siya na huwag ka na paalisin. O, kaya tatawagan ko si Lolo. For sure, walang magagawa si Kuya Elton doon."

Umiling ako, "Hindi na, Klode. Okay na ako sa ganito. Sa totoo lang, dapat matagal na akong umalis. Nang dahil lang sa inyo kaya ako nagtitiis. Hindi lang ako makaalis dahil mas gusto kong makasama kayo kahit paulit-ulit na akong nasasaktan. Pero buo na ang desisyon ko. Aalis na ako ngayon. Hindi dahil gusto kong iwanan kayong lahat. Kundi dahil iyun ang nararapat."

Napayuko si Klode. Mukhang nagpipigil na huwag maiyak. Ngayon ko lang siya nakita na ganito kaemosyonal. Hindi ko alam na may kakayahan pala ang isang hindut na

bayut na maiyak.

Lumapit sa akin si Nicca, "Ma'am,"

"Huwag mo na akong pigilan, Nicca. Hindi mo 'ko mapipigilan."

"Hindi ko naman kayo pipigilan, ma'am. Gusto ko lang sabihin na mag-iingat kayo palagi, ma'am. Kahit palagi niyo akong binabara at inaapi, hinding-hindi ko kayo makakalimutan. Ikaw kasi ang kauna-unahang naging ma'am ko sa mansion na 'to. Kahit hindi ko sinasabi, masayang-masaya ako na nakilala kita. Lalo na yung nawala si Chris at inako mo yung kasalanan ko para lang hindi ako pagalitan ni Sir Elton? Hindi ko yun makakalimutan," naiyak na si Nicca "Utang na loob ko sa inyo kung bakit hanggang ngayon andito pa rin ako at nag ta-trabaho."

Hindi na nakapasalita si Nicca dahil iyak na siya ng iyak. Na-touchness ako sa mga sinabi niya. Sasagot sana ako sa sinabi ni Nicca pero bigla kong nakita si Chris na tumakbo papunta sa itaas ng mansion. Hindi ko alam kung bakit. Marahil, ayaw niya lang makita na aalis na 'ko.

"Nicca," hinawakan ko kamay ni student "Kahit hindi ko sabihin sa'yo, kahit palagi kitang inaapi at binabara, kahit palagi mo akong bini-beastmode, hindi kita makakalimutan. Kalandi mo kasing gaga ka," tumawa ako "Pero seryoso, ikaw ang kauna-unahan kong student sa mansion na 'to. Ikaw ang kauna-unahan kong naging kaibigan at kaplastikan. Mag trabaho ka ng maayos, okayness? Para palagi kang may maipadala sa tatay mong may sakit. Huwag mo sila papabayaan."

Binitiwan ko yung kamay ni Nicca. Sunod akong tumingin kay Ate Betty at Kuya Rudolf.

"Ate Betty na mataba, hinding-hindi ko makakalimutan yung mga luto mo. Yung masasarap mong ulam na ginagawa. Kahit palagi kitang inaasar na mataba ka, isa ka sa mga taong nakilala ko na may matabang puso. . .kasi nga mataba ka. Sana, kung makabalik man ako sa mansion na 'to, o muli ko kayong makita ni Kuya Rudolf, sana maputi na batok ng asawa mo," natawa ako "Chos. Sana may anak na kayo. Alam kong matagal niyo ng inaasam yun."

"Ma'am, palagi niyo ingatan yung sarili niyo, ha?" aniya ni Kuya Rudolf.

"Alangang pabayaan ko sarili ko, Kuya Rudolf. Ano ako, timang?" pambabara ko sa kanya.

Tumingin ako sa ibang katulong, "Kayo mga students ko na hindi ko alam ang mga pangalan, salamat sa mga alaala habang nakatira ako rito. Salamat sa paglalaba ng mga damit ko. Sa paggalang at pagpaplastik sa akin. Huwag niyo papabayaan ang mga falcon, ha? Lalo na si Lolo A. Matanda na yun kaya palagi niyo titignan. Baka magpa-raffle si San Pedro at mabunot siya. Mahirap na."

Sunod naman akong tumingin kay Klode na nakayuko at halatang umiiyak na.

Marahan kong tinawag yung pangalan niya, "Klode," aniya ko "Kloding,"

Nang tumingala si Klode sa akin, kitang-kita ko yung mga luha niya na bumabagsak. Parang pinupunit ang puso ko habang nakikita na umiiyak nang dahil sa akin.

"Ikaw naman, Klode. Palagi mong tatandaan na okay lang maging kahit anong gusto mo. Kung gusto mong maging sea horse o unicorn, ayos lang. Huwag mong iintindihin yung mga sasabihin sa'yo ng mga tao sa paligid mo. Hanggang masaya ka sa ginagawa mo, hanggang wala kang natatapakan at inaaping tao, walang mali sa totoo mong pagkatao, okayness?"

Napapaluha na rin ako pero pinigilan ko lang ang sarili ko.

Nagpatuloy ako sa pagsasalita, "Kung pakiramdam mo walang taong gustong tumanggap sa'yo bilang ikaw, huwag mo 'kong kakalimutan. Dahil kahit maging sino ka pa o maging ano ka pa, tatanggapin kita. Tatandaan mo yan, ha? Tatanggapin kita, Klode. Hindi kita huhusgahan dahil wala namang kahusga-husga sa pagkatao mo. Hindi mo kailangang matago sa dilim para lang protektahan ang totoo mong nararamdaman."

Yinakap ako ng mahigpit ni Klode. Sa pagyakap niya sa akin, ramdam na ramdam ko ang pagkawasak ng puso ko. Hindi ko alam kung makikita ko pa siya at sila. Hindi ko alam kung may pagkakataon pa bang bumalik ako sa mansion na 'to.

"Group hug!" pagmumura ni Nicca sa akin.

Mumurahin ko rin sana siya pero bigla akong yinakap nila Ate Betty at Kuya Rudolf. Pati yung iba pang katulong nakiyakap na rin dahil ayaw daw nilang ma-outness of placeness. Pinagbigyan ko nalang sila sa pagyakap sa akin dahil paalis na naman ako e.

Nang maghiwalay kami sa pagyayakapan, nakita namin si Chris na pababa ng hagdanan. Nakabihis pang-alis na si Chris at may dala-dala siyang bag. Mas lalo niyang binilisan yung paglalakad niya at tumakbo papunta sa akin. Humawak siya sa kamay ko.

"Saan ka pupunta, Chris?" tanong ko "Sasama ka ba sakin?"

Tumango si Chris, "Sasama ako sa'yo. 'Yoko na dito sa bahay. Bad si Kuya Elton. I hate him."

"Nagsasalita ka na, Chris?" gulat na tugon ni Klode. "Kailan pa?"

Pati sila Ate Betty napatakip ng bibig dahil sa gulat.

"Matagal-tagal na, Klode. Pero nahihiya siya," aniya ko "Sa akin lang si Chris nagsasalita kasi mahal niya ako. 'Di ba, Chris?"

Muling tumango si Chris, "Right. Kaya sasama ako sa'yo."

Nalungkot ako, "Pero hindi pwede. Magagalit si Kuya Elton mo."

"I don't care. Sasama ako sa'yo. Kahit saan ka pumunta, Ate Althea, sa'yo ako sasama."

"Hindi pwede Chris, e."

Nagbago ang expressioness ng mukha ni Chris. Kahit iiyak na siya pinipigilan niya lang. Nagtutubig na yung gilid ng mga mata niya. Muli na naman nawasak ang puso ko.

"Sasama ako sa'yo! Ayoko dito. Bad si Kuya Elton!" sigaw niya "Ate Althea, please, isama mo na ako. Ayoko mahiwalay sa'yo. Ikaw ang ate ko, 'di ba? You're important to me. Please?"

Napailing-iling ako, "Chris, kahit gusto ko, hindi maaari. Lalong magagalit sa akin si Kuya Elton mo."

"No! Sasama ako sa'yo!" yumakap nang pagkahigpit-higpit si Chris sa akin.

"Chris," hinaplos ko ang likuran niya.

Yumugyog ang mga balikat ni Chris. Naramdaman kong umiiyak na siya.

"Chris, sorry." aniya ko "Di ba, big boy ka na? Kahit saan naman ako pumunta, ako pa rin si Ate Althea mo, e. Kaya huwag ka na umiyak. Hindi ako makakaalis kapag umiiyak ka e."

"Edi mas lalo akong iiyak para 'di ka na umalis!" aniya niya kahit umiiyak na siya.

Tinignan ko si Klode para humingi ng tulong. Lumapit siya sa amin ni Chris saka kinuha si Chris. Kahit sobrang higpit ng pagkakayakap sa akin ni Chris nakuha siya ni Klode.

Hiwakan ni Klode sa Chris sa magkabilang kamay para pigilan. Todo tuloy kung magwala si Chris. Iyak siya ng iyak habang nagmamakaawa sa akin na isama na siya.

"Ate Althea! Sasama ako sa'yo!!" pakiusap niya "Iniwan na ako ni Daddy at Mommy ko. Pati ba naman ikaw iiwan na ako? Sabi mo nun 'di tayo maghihiwalay, Ate Althea? Please. I'll be a good kid. I'll behave. Huwag mo 'ko iwan, Ate Althea. Sasama ako

sa'yo."

Napatakip ako ng bibig para pigilan ang mga luha ko sa pagbagsak. Awang-awa ako sa pagwawala ni Chris. Hindi ko inaasahang ganito siya maaapektuhan sa pag-alis ko ngayon. Sana pala, umalis nalang ako habang tulog siya. Ayoko siyang makita na umiiyak nang ganito kagrabe.

"Chris, isang araw babalik ako. Babalikan kita dito, ha? Pakabait ka." sabi ko.

Binuhat ko na yung dalawa kong maleta.

"Si Dudong at Dudang, iiwan mo, ma'am?" tanong sa akin ni Nicca.

Tumango ako, "Oo. Mahirap ang buhay sa probinsya. Baka kapag nagutom ako, makatay ko lang silang dalawa," tumingin ako sa kanila "Aalis na ako. Mag-ingat kayo dito."

"Ma'am, mag-ingat po kayo!" paalam ng iba.

"Ate Althea!!! Sasama ako sa'yo!!" todo pagwawala ni Chris.

Sinulyapan ko siya saka na ako tumalikod.

Hindi dapat ako umiyak. Hindi ko dapat ipakita sa kanila na umiiyak ako. Mas lalong masasaktan si Chris kapag nakita niya akong lumuluha sa pag-alis ko. Sorry, Chris. Sorry.

Para akong nahugutan nang makalabas ako ng mansion at naglalakad na. Tumingin ako sa napakalaking mansion ng mga falcon. Sa ilang b'wan kong pagtira rito, hindi ko inaasahang ganito kahirap sa akin lisanin ang lugar na 'to. Mahirap. Sobrang hirap pero kailangan.

Kailangan kong umalis hindi dahil pinapaalis ako ni Elton. Kailangan kong umalis para muli kong makita yung parte ng sarili ko na nawala simula ng mapunta ako rito't mahalin ko si Elton. Habang andito ako, hindi ko mabubuo ang nawasak kong sarili. Dahil kahit kailan, hindi ko makikita yung parte ng pagkatao ko na nawala sa lugar kung saan ko mismo ito naiwala.

Hindi ko talaga alam kung saan ako nagkamali. Nagkamali ba ako sa paraan nang pagmamahal? O sadyang nagkamali lang ako ng taong minamahal? Pero kahit ano pa yun, wala na akong pakialam. Dahil sa pag-alis ko sa mansion na 'to, iiwan ko lahat ng sakit na naranasan ko kay Elton. Muli kong bubuohin yung sarili ko noong mga panahon bago ko ulit siya makilala.

"Aalis ka na?" may narinig akong nagsalita.

Pagtingin ko sa gilid ko, nakita ko si Klyde na may hawak ng yosi. Seryoso siyang nakatingin sa akin.

"Pipigilan mo ba ako? Hindi na kailangan, Klyde. Buo na ang desisyon ko," aniya ko "Itapon mo nga 'yang yosi. Naalala mo ba yung kasabihan na sinabi ko sa'yo?"

Malungkot na ngumiti si Klyde "Aling kasabihan? Yung cigarette is action speaks louder than words?" natawa siya pero hindi masayang tawa. Tinapon niya yung yosi niya. "Hindi kita pipigilan sa pag-alis mo, Althea. Sa totoo lang, you deserve to walk out from this shitty place. Mula nang dumating ka dito, puro paghihirap nalang ang naranasan mo. Kung alam ko lang na hindi ka katulad ng isang tao na inaakala kong ikaw, I should have treated you better. Hindi sana kita niloko, pinagtripan at sinaktan. Dahil higit sa aming lahat? Ikaw ang pinaka may karapatang lumigaya."

Ngumiti ako, "Ano ba? Okay na yun. Huwag mo na ibalik yun. Pastness is pastness, 'di ba?" aniya ko "Okay na tayong dalawa, Klyde. Kaya tigil-tigilan mo na yang pagiging playboy mo."

Lumapit sa akin si Klyde. Hinawakan niya yung kamay ko, "Kapag ba nagseryoso ako sa'yo, seseryosohin mo ako?" sabi niya na titig na titig sa mga mata ko.

Tinapik ko kamay niya, "Tse." saad ko "Hatid mo nalang ako sa terminal."

"Sige," sagot niya tapos kinuha niya yung dalawa kong maleta.

Lumakad na kami ni Klyde papunta sa kotse niya. Inilagay niya sa likuran yung mga maleta ko tapos pinagbuksan niya pa ako ng pintuan. Pagsakay ko, sumakay na rin si Klyde sa kabila.

Nakatitig lang ako sa mansion habang umaandar ang sasakyan ni Klyde.

"Ate Althea!!" may sumigaw.

Nakita ko si Chris na lumabas ng mansion. Tumatakbo siya at hinahabol ang sinasakyan naming dalawa ni Klyde. Kitang-kita ko yung mga luha ni Chris na bumabagsak habang humahabol sa amin.

Napaiwas na ako ng tingin at pilit tinibayan ang loob ko.

"Mahal na mahal ka talaga ni Chris," pagsasalita ni Klyde.

Ngumiti ako habang nakatuon ang pansin ko sa harapan, "Oo nga e." napakagat ako ng labi ko.

"Pwede ka ng umiyak,"

"Hindi ako iiyak. Ayokong malungkot sa pag-alis ko."

"Hindi mo kailangang magpanggap na okay ka sa pag-alis mo. Kitang-kita ko naman na nahihirapan ka," napahigpit yung kapit ni Klyde sa manebela "Hindi ako titingin sa'yo. Kaya pwede kang umiyak. Ayokong nakikita kang nasasaktan. Kasi kapag nasasaktan ka. . .nahihirapan din ako. Naaalala ko na wala ka ng kasama sa buhay. Na sarili mo nalang ang kakampi mo."

Ramdam na ramdam ko yung mga luha ko na dahan-dahan na tumulo pababa sa pisngi ko. Yung mga luhang kanina ko pa pinipigilan na huwag lumabas, ngayon sila nagsilabasan. Ang bigat-bigat sa pakiramdam. Parang sasabog ang puso ko sa sobrang sakit.

"Ayoko sanang umalis. Ayokong umalis sa mansion. Napamahal na sakin yung lugar na yun e. Minahal ko na yung mga taong nakatira dun," pagsasalita ko habang lumuluha "Nung dumating ako sa mansion, hindi ko masyado naisip na mag-isa nalang ako sa buhay. Na wala na akong pamilya. Kasi sabi ko sa sarili ko, yung mga tao dun sa mansion, sila ang bago kong pamilya. Kahit mahirap nung una, nasanay ako. Nakasundo ko yung mga tao dun. Kahit mahirap, naging masaya ako sa ilang bwan kong pagtira sa mansion. Ayoko sanang umalis. Ayoko talaga, Klyde. Ayoko."

Habang nagsasalita ako, patuloy lang lumalabas yung mga luha ko. Si Klyde naman nakikinig lang.

"Pero kung hindi ako aalis, masasaktan naman ako. Ang sakit-sakit na talaga, Klyde. Mahal na mahal ko si Elton pero bakit niya 'ko ginaganito. Bakit niya ako paulit-ulit sinasaktan? Porket ba hindi niya ako mahal gaganituhin niya ako? Hindi ba. . .hindi ba ang unfair sa akin yun? Pwede naman niya ako kausapin ng maayos e. Hindi niya ako kailangang sigawan at maliitin yung pagkatao ko."

Hinawakan ni Klyde yung kaliwa kong kamay.

"Ang sakit-sakit nung mga sinabi niya. Noon, tinawag niya akong mukhang pera, gold-digger, manggagamit. Lahat yun ininda ko. Lahat yun pinalampas ko. Walang kaso kasi sa akin. Pero yung sinabi niya kanina na hindi niya raw ako mapapatawad kapag may nangyaring masama kay Jeninna? Hindi ko yun matanggap. Bakit ba hindi siya maniwala sa akin? Bakit hindi nya ako kayang paniwalaan na wala naman akong sinabi sa girlfriend niya?"

"Because he's an asshole and that asshole doesn't deserve any fiber of your existence."

"Hindi ko alam kung saan ako nagkamali. Mali ba na minahal ko siya? Hindi ko naman sila ginulo ng girlfriend niya, 'di ba? Kahit ako yung gusto ni Lolo ipakasal sa kanya, hindi ko yun ipinilit sa kanya. Nirerespeto ko kasi yung desisyon niya. Nirerespeto ko yung nararamdaman niya sa girlfriend niya. Wala e. Ganon kasi ako kapag nagmahal. Okay lang sa akin kahit hindi masuklian yung feelings ko. Pero sana. . sana hindi niya ako sinasaktan nang ganito."

Pinunasan ko yung luha ko, "Siguro kaya ako nasasaktan nang ganito dahil minahal ko siya ng higit sa sarili ko. Kung alam ko lang na magiging ganito kagrabe ang pagmamahal ko sa kanya, sana noon palang pinigilan ko na. Hindi ko kailan man ninais na masaktan. Ang gusto ko lang naman ay magmahal na hindi nasasaktan."

"Crying over a guy that you've loved, is one of the proofs that you had a great love," pagmumura sa akin ni Klyde "Sana sa susunod na makita kita, hindi ka na umiiyak at nasasaktan. Sana sa susunod na makikita kita, masaya ka na. At itong mga nararamdaman mong paghihirap ngayon? Tatawanan mo nalang lahat ng ito pagdating ng araw."

Tumigil na ako sa pag-iyak nang makarating na kami ni Klyde sa terminal ng bus. Siya pa rin nagbuhat nung dalawa kong maleta at sinamahan ako sa bus na sasakyan ko.

"Dito mo nalang ako ihatid," sabi ko habang nasa pintuan ng bus "Salamat, Klyde."

Inabot sa akin ni Klyde yung dalawang maleta.

"Mag-iingat ka sa probinsya niyo, ha? Kapag tinatamad na akong mag-aral, pupuntahan kita dun."

Binatukan ko siya, "Manahimik ka. Mag-aral ka ng mabuti!" sermon ko "At bawas-bawasan yung pambababae mo. Kapag ikaw nakahanap ng katapat mo, ikaw naman ang iiyak. At kapag umiyak ka nang dahil sa pagmamahal, tatawanan kita."

Ngumisi si Klyde, "I'm looking forward. But love ain't for me so that's impossible."

"Minumura mo ba 'ko?"

Natawa si Klyde, "Mamimiss ko yang linya mo na 'yan, Althea," aniya ko "May sasabihin ako sa'yo."

"Ano yun?"

"Ilapit mo yung ulo mo."

Tapos nilapit ko yung ulo ko. Sa paglapit ko, bigla akong hinalikan ni Klyde sa lips.

"Para saan yun? Gago u!" napatakip ako sa bibig ko.

"Para sa mga kasalanan ko sa'yo," ngumiti si Klyde "Mamiss kita, Althea."

Natawa nalang ako. Infairness, ang lambot ng labi ni Klyde.

"Osya, aakyat na ako ng bus. Alis ka na. Salamat."

Napalitan ng malungkot na ngiti yung ngiti ni Klyde. Kumaway na siya sa akin tapos tumalikod at naglakad papunta sa kotse niya. Kitang-kita ko 'yung mga babaeng napapatingin kay Klyde. Yung iba pa sa kanya sinusundan siya ng tingin. Kagwapo talaga ng batang 'yun!

Umakyat na ako sa bus at umupo sa pinakadulo. Habang nananahimik, bumalik sa alaala ko yung ilan sa pag-uusap naming dalawa ni Elton noon.

"Alam mo kasi, Promdi girl, ang tulad mo kailangang palaging pinapaalalahanan. Bobita ka pa naman. Malingat lang ako sandali may ginagawa ka ng kabobohan. Kaya hindi ka dapat iniiwan mag-isa, 'e."

"So, sasamahan mo ako sa paglilinis ng lobby mamaya? Magba-bondingness tayo sa paglilinis dalawa? WOW! Masaya 'yun. You and me against the worldness ang pegness natin."

"Mag-isa ka."

"Okay lang. Sanay naman akong mag-isa."

Malungkot akong napangiti kasabay ng pagsikip ng dibdib ko.

"Thea, papakasal tayo paglaki natin, ha?"

"Oo na, Ton-ton. Ang kulit-kulit mo. Paulit-ulit ka. Gandang-ganda ka sakin, no?"

"Hehe. Baka kasi magbago isip mo e. Pero kahit magbago ang isip mo, ako pa rin ang papakasalan mo. Hindi pwedeng sa iba ka mapunta. Akin ka lang dapat."

"Hay nako, Ton-ton. Huwag ka atat."

"Di naman ako atat. Gusto ko lang masigurado na ikaw lang ang magiging bride ko. Ayoko sa iba e."

"Elton,wala kang isang salita," pagsasalita ko sa sarili ko "Sabi mo noon ako lang ang gusto mo maging bride. Pero ano ang ginagawa mo ngayon? Sa pag-alis ko ng lugar na 'to at pagbalik ko sa probinsya namin, kakalimutan na kita. Kakalimutan na kita sa paraang kung paano mo ako binura sa buhay at alaala mo. Mahal kita. Mahal na

mahal. Pero tama na. Hindi ko na kaya."

Pinunasan ko ang ilang luha na bumagsak nang maramdaman kong umandar na ang bus.

Sa pag-andar ng bus na 'to, itinatak ko sa sarili ko na magsisimula ako ng bagong buhay sa pag-uwi ko ng probinsya. Mababuhay ako nang masaya at hindi siya inaalala.

Dahil ako si Althea Josefa Marinduque—ang babaeng bobita—pero prettyness naman.

THE END.

HAHAHAHA JK. 'Di pa the end. Abangan ang next na kabanata.

==========

Chapter 49

Congrats sa atin! Nanalo ang That Promdi Girl sa Wattys 2015 under Twitter's Choice! Yuhoo!

Enjoy reading! Huwag kalimutan mag komento. Salamat! HEHEHEHE!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 49. ELTON'S POV.

Hindi ko alam kung ilang beses ko nang napaiyak si Althea. Pero sigurado akong sa lahat ng beses na napaiyak ko siya, itong pagkakataon na 'to ang pinakamasakit sa lahat. Ang dami kong masasakit na salita na nasabi sa kanya kanina. Tinapunan ko pa siya ng pera sa mukha. Hindi lang kaarawan niya ang sinira ko ngayon. Sinira ko rin at winasak ang puso niya nang paulit-ulit.

Noong umalis ako sa bahay kanina, gusto ko sanang bumalik. Gusto kong balikan si Althea para humingi ng sorry. Gusto ko siyang yakapin at patahanin sa pag-iyak

niya. Gusto kong bawiin lahat ng sinabi ko. Lahat ng paratang ko sa kanya na walang kasiguraduhan. Alam kong hindi ganon klaseng tao si Althea. Alam ko namang wala siyang sinabing masama kay Jeninna.

Pero nagdilim na talaga ang paningin ko. Hindi na ako nakakapag-isip ng tama. Hindi na kaya ng mukha ko harapin si Althea. Lahat ng galit at pangamba ko sa posibleng mangyari kay Jen, kay Althea ko naibuhos. Sa kanya ko naibuhos ang galit ko na kahit kailan ay hindi naman niya deserve na maranasan. I'm such a cruel man. And I don't even understand why Althea can stand loving me.

Nasaktan ko na siya. Nasaktan ko na naman siya. Out of all the pain I gave to her, this is the first time I've seen that painful looks on her face. Kahit ilang oras na ang nakakalipas simula nang palayasin ko si Althea, hindi pa rin maalis sa isipan ko yung umiiyak na mga mata niya. I made her cried once again. Hanggang kailan ko ba siya papaiyakin at sasaktan?

Pero kung hindi nagsalita si Althea kay Jeninna, bakit bigla-bigla nalang nakipagbreak si Jen sa akin? Nabanggit niya rin na huwag ko na raw lokohin ang sarili ko dahil nakapag-usap na sila ni Althea. Pagkatapos nun, hindi ko na ma-contact si Jen. Wala siya sa condo niya. Napatay na ang cellphone niya. Hindi ko alam kung nasaan siya at kung anong nangyari sa kanya.

Ang tangi ko lang alam ay pinipigilan lang ni Jen na huwag umiyak habang magkausap kaming dalawa. Tinatago niya na nasasaktan siya. Ganun naman siya palagi e. Kapag nasasaktan siya, ayaw niyang ipakita sa akin. Yun pa naman ang ayaw na ayaw ko. Yung umiiyak siya. Dahil kapag umiiyak siya, hindi ko na alam ang gagawin ko. Para na akong mababaliw.

Hindi ko na alam ang gagawin ko sa totoo lang. Yung dalawang babaeng pinakaimportante sa akin ngayon, parehas ko nasaktan. Parehas nang nawala sa akin. Alam kong kasalanan ko rin naman 'to e. Bago ko pa malinaw kung sino ba talaga ang totoong mahal ko sa kanila, parehas na silang nawala sa akin. Siguro mas okay na yung ganito? After all, hindi ko deserve maski isa sa kanila.

Nandito lang ako sa office ko ngayon at malalim na nag-iisip. Pilit iniintindi yung mga nangyayari sa akin ngayon. Naputol lang ang pag-iisip ko nang may kumatok sa pintuan.

Pagsulyap ko, nakita ko si Jonas na pumasok. Umupo siya sa harapan ko. He has a serious expression on his face. Sigurado akong alam niya ang gumugulo sa isipan ko ngayon.

"What are you doing here?" seryoso kong tanong sa kanya.

"Dito kaya ako nagtatrabaho sa kompanya niyo. Nakalimutan mo na ba?"

"I mean. Here!" saad ko "Dito sa office ko. I don't remember that we're sharing one office."

"Nothing," he shook his head "Just passing by. Tinitignan ko lang kung buhay ka pa."

"Kung hindi mo rin sasabihin kung nasaan si Jen ngayon, lumayas ka na sa harapan ko."

"Chill, bro. Bakit ayaw mo bang maniwala na hindi ko alam kung nasaan si Jen ngayon?"

Sumeryoso ang mukha ko, "Dahil alam kong lahat ng desisyon ni Jen, sinasabi niya sa'yo." aniya ko "Now, tell me. Nasaan si Jen? Gusto ko siyang makausap."

"Jen wants you to sort out your feelings. Gusto niyang kapag nakausap mo siya, sigurado ka na sa desisyon mo, Elton. Don't make this hard for her. Alam na ni Jen ang lahat. Alam na niya na may feelings ka rin kay Althea. She's already hurting. Don't hurt her even more."

Seryoso yung mukha ni Jonas. Halatang hindi niya talaga sasabihin kung nasaan si Jen ngayon kahit anong gawin ko. Alam ko ring ginagawa 'to ni Jonas dahil gusto niyang makapagdesisyon na ako. Pero tingin ba nilang lahat na kaya kong makapagdesisyon agad-agad sa mga nangyayari ngayon sa akin? Hell no. Sa sobrang gulo ng utak ko, hindi ko na talaga alam ang gagawin ko.

"And I'm sure, Althea's hurting too. Kung hindi mo siya kayang piliin, let her go for real." pagsasalita ulit ni Jonas "But that's impossible. Alam kong hindi mo siya kayang I let go. Natatakot ka lang gumawa ng desisyon dahil alam mong masasaktan si Jen. Pero kung titignan mo mabuti? Mas matimbang si Althea sa puso mo. Binubulag mo lang ang sarili mo sa totoo mong nararamdaman kasi natatakot ka sa maaaring mangyari kay Jen."

"I already did," nagulat si Jonas.

"You did what?"

"I let her go," sabi ko "Pinalayas ko na si Althea sa mansion. Isn't it funny? Pinalayas ko siya sa eksaktong kaarawan niya. Birthday ngayon ni Althea pero pinaiyak ko siya. And worse, tinapunan ko pa siya ng pera sa mukha. I already made up my mind. I'm choosing Jen."

"What shit have you done, Elton?" napayukom ng kamao si Jonas "You're nothing but an asshole. Birthday ngayon ni Althea tapos ginanon mo? Tanga ka ba? Palagi mo nalang sinasaktan si Althea. Palagi mo nalang pinapaiyak. Akala ko sa business ka lang magaling pero hindi. Magaling ka rin palang manakit ng taong walang ibang ginawa kundi mahalin ka!" napataas na ang boses niya.

"Masisisi mo ba ako? E, nagdilim na ang paningin ko. Hindi ko na alam yung mga salitang lumalabas sa bibig ko. Siya lang ang possibleng dahilan na naisip ko kung

bakit bigla-biglang nakipaghiwalay si Jen sa'kin. Mas maganda na rin 'to. Yung umalis siya sa buhay ko. Mula nang dumating siya sa buhay ko, gumulo na ang mundo ko. Okay na 'to. Okay na ako na wala siya sa buhay ko."

"You're blinding yourself again, Elton. Pinapaniwala mong mas okay ka na wala si Althea pero alam naman nating pareho na hindi ito ang gusto mo. Hindi ito ang gusto ni Jeninna, pre. Ang gusto niya, si Althea ang piliin mo dahil alam na alam niyang si Althea talaga ang mahal mo!"

Sinamaan ko ng tingin si Jonas, "Bakit ba lahat kayo si Althea ang pinipilit na mahal ko? Even Jeninna. Bakit ba hindi siya naniniwala na siya ang mahal ko. Na siya ang pinipili ko? Na siya ang gusto kong makasama? Yung nararamdaman ko kay Althea, wala iyon kumpara sa nararamdaman ko kay Jeninna. Tangina. Ano bang mahirap intindihin don?"

"Elton, napapansin mo ba kung paano ka tumingin kay Althea? Kung paano mo siya tignan sa tuwing nakangiti siya o sa tuwing kasama ko siya?" napatingin ako kay Jonas "Elton, whenever she smiles, you're smiling too. Hindi ka aware pero napapangiti ka rin. Sa tuwing kasama ko siya, yung tingin mo sa akin, parang gusto mo akong patayin. As if you're marking your own territory. Kahit hindi mo aminin, yung pagmamahal mo kay Althea nakabalandra. You always look at her like she's your everything. Lahat ng iyon nasaksihan ni Jen. Lahat ng iyon nakita niya."

"You don't really love Jeninna, Elton," aniya niya ulit "Sure, you felt something for her. But it's not love. Care perhaps. Pero, Elton. Ang love at care ay magkaiba. Sinasabi mo lang mahal mo siya kasi nangako ka sa kanya noon na kahit anong mangyari, hindi mo siya iiwan. Kaya natatakot ka na aminin sa sarili mo na mahal mo talaga si Althea dahil pakiramdam mo, masisira mo yung binitiwan mong pangako kay Jen. Naaawa ka kasi sa kanya. Naaawa ka sa pinagdaanan niya."

"But, Elton, Jeninna's already fine. Palagi niya sinasabi sa'yo na okay na siya. Na hindi na siya kasing hina ng Jen noon sa Jen ngayon. Hindi mo na kailangan lokohin yung sarili mo. Mahal ka ni Jen, Elton. Mahal na mahal ka niya. That's why she's doing this for you. She wants you to be free. She doesn't want you to love her just because of sympathy."

"Hindi ko siya mahal dahil lang naaawa ako sa kanya," I retorted "I do love her not just because of sympathy. Sa ilang taon naming magkarelasyon, hindi lang awa iyon."

"Sige. Sabihin nating hindi lang yon awa. Sabihin nating mahal mo talaga siya. Pero yung pagmamahal mo sa kanya ay walang-wala kumpara sa pagmamahal mo kay Althea."

"Bullshits. Stop saying that I love Althea more than Jen!"

"It's a fucking fact, dude! Mas mahal mo talaga si Althea kumpara kay Jen!" napasigaw na rin si Jonas kaya napatitig ako sa kanya "Dude, to be honest, mahal ko rin si Althea. She's too easy to love, Elton. Ang sarap kasama ni Althea. Palagi kang tatawa. Siya yung tipo ng babae na sobrang lakas. Kahit kasi nasasaktan na siya, kaya niya pa ring tumawa. Pero kahit ganon, may time rin na napaka-iyakin niya. Iiyakan niya yung kasalan na napapanood niya o 'di kaya naman yung malungkot

na kwentong naririnig niya. A person like that deserves to be love."

"So, bakit hindi mo siya i-pursue?"

"Dahil wala ring kwenta. Alam kong kahit sampung beses kong sabihin na mahal ko siya, labing-isang beses naman siyang mag bibingi-bingihan at magpapanggap na walang naririnig. Bakit niya ginagawa yun? Kasi ang gusto niya, ikaw lang ang magmamahal sa kanya." dagdag pa ni Jonas "She continues loving you even she hurts a lot."

Nalungkot yung mukha ni Jonas.

"Hindi ko na alam kung ilang beses nasabi sa akin ni Althea na mahal na mahal ka niya. Pero imbis na ngiti ang sumilay sa labi niya? Luha naman ang lumalabas sa mga mata niya. She's hurting from loving you. Pero sinumbatan ka ba niya? Hindi. Pilit ka niyang inintindi. Hindi niya rin pinilit yung sarili niya sa'yo. Malaki kasi ang respeto niya sa'yo at lalong-lalo na kay Jen. Ilang beses niya kayo nakitang magkasama ni Jen pero nakita mo ba siyang umiyak? Hindi, 'di ba? Ayaw na ayaw kasi ni Althea na yung pagmamahal niya sa'yo ay maging sagabal para sa kasiyahan niyong dalawa ni Jen."

Hindi ako makapagsalita nang dahil sa mga sinasabi ni Jonas sa akin. Parang may kung anong nakabara sa lalamunan ko. Napayuko nalang ako dahil pakiramdam ko tutulo na yung mga luhang kanina pang gustong lumabas sa mga mata ko. Bawat sinasabi ni Jonas naaalala ko si Althea.

Naaalala ko yung mga panahon na sinasabi ko sa kanya na mahal ko si Jen pero wala siyang sinasabi sa akin. Naalala ko yung mga panahon na nakikita niya kaming dalawa ni Jen pero kahit kailan hindi niya ako sinumbatan kahit na sinabi ko sa kanya na may feelings din ako sa kanya.

Naalala ko yung mga panahon na ilang beses ko siyang pinaasa. Yung first date sana namin. Pero kahit hindi ko iyon natupad, hindi siya nagalit sa akin. Intindi niya ang sitwasyon ko. Palagi niyang iniintindi yung sitwasyon ko. Masyado siyang maintindihin.

Lahat din ng pagpapahirap ko sa kanya, ininda niya. Imbis na magreklamo, naging thankful pa siya. Kahit paulit-ulit ko siyang pinahirapan noon, tinanggap niya.

Ilang beses ko na ba siya nasaktan simula nang dumating siya sa mansion? Ilang beses ko na rin ba siyang napaiyak? Pero kada sorry ko, palagi niya akong pinapatawad.

Pero sa nagawa ko sa kanya ngayon, hindi ko alam kung mapapatawad pa ba niya ako. Hindi na rin ako umaasang mapapatawad niya ako dahil sa dami na ng kasalanan ko sa kanya, hindi ko na deserve yung kapatawaran niya. I always destroyed her and her heart.

Althea, I'm so sorry. But you don't deserve a man like me. Hindi mo ako deserve pero palagi mo sinasabi sa akin na gusto mo ako at ako ang mahal mo. Pero kahit ganon, hindi mo pinilit na mahalin kita. Why are you doing this? Ano bang nakita mo sa akin para mahalin mo ako nang ganito?

"Sana lang, kahit pinalayas mo si Althea, hindi talaga siya umalis," muling saad ni Jonas "At kung umalis man siya. Alam mo ba kung saan siya pupunta?"

Tumingin ako kay Jonas, "Hindi ko alam," I said "Baka umuwi siya sa probinsya nila. O baka naman pumunta sa ibang mayamang pamilya at dun nalang magpakasal. Para yumaman siya. Ito naman yung reason niya kaya siya napunta rito, 'di ba? Yung pakasalan ako para sa pera—"

"Althea, isn't like that," seryosong sagot ni Jonas sa akin. "Hindi ganyang klaseng tao si Althea, p're."

Napatigil ako at napatitig kay Jonas. Seryoso siyang nakatingin sa akin na parang siguradong-sigurado siya na hindi ganon klaseng tao si Althea. Dahan-dahan kong tinakpan ang bibig ko dahil sa panginginig ng sarili kong labi. Naramdaman ko nalang na tumulo na yung luha ko. Mga luhang hindi ko alam ang dahilan kung bakit tumulo. Napayuko nalang ako at tinakpan ang sariling mukha.

Napaiyak ba ako dahil napaiyak ko na naman si Althea at pinaalis ko na siya sa mansion?

O, napaiyak ako dahil alam na alam ko na kung sino talaga ang mas mahal ko?

"Isang araw, may mamahalin ulit si Althea sa paraang kung paano ka niya minahal. Pero ikaw, hinding-hindi mo na mararanasan yung klase ng pagmamahal ng katulad ng kay Althea. Yung pagmamahal na sobra-sobra kahit ang sakit-sakit na. And if that day has finally come, don't win her back, Elton. Dahil mabibigo ka lang. You already lost your chance."

Jonas stood up, "Ngayon, umiyak ka lang, pre. Let your tears come out. Pero kahit anong klaseng pagluha ang gawin mo, hinding-hindi mo mapapantayan lahat ng luhang nailabas ni Althea sa mga panahon na minamahal ka niya. Kung nasaan man si Althea ngayon at kung saan man siya mapadpad, I hope she find her own happiness. After all, yung ang hindi mo naibigay sa kanya. Yung kaligayahan na tanging inaasam-asam niya mula nang mapunta siya dito."

Paglabas ni Jonas ng office ko, mas lalong tumulo yung mga luha ko. Paulit-ulit ko kasing naalala si Althea. Paulit-ulit kong naalala yung unang pagdating niya sa mansion. Yung panahon na kinaiinisan ko siya hanggang sa paunti-unti ko siyang mahalin sa hindi ko alam na dahilan.

I tried stopping my feelings for her. Ilang beses ko sinabing nami-miss ko lang si Jen kaya pakiramdam ko minamahal ko na si Althea. But I was wrong. Alam ko na ngayon na kaya ko minahal si Althea, hindi dahil nami-miss ko si Jen. Kundi dahil may something sa kanya na parang nakilala ko na noon pa. Parang yung pagmamahal ko

sa kanya ay otomatikong lumabas dahil pakiramdam ko, nakilala ko na si Althea noon.

Hindi ko lang alam kung possible ba mangyari yun. Kung possible ba na parang naalala ng puso ko si Althea. Na parang yung puso ko ay matagal na siyang kilala kahit ang unang beses lang naman namin na pagkikita ay nang mapadpad siya dito sa siyudad para pakasalan ako.

Gabi na nang umalis ako sa kompanya at umuwi sa mansion. Ayoko pa nga sanang umuwi dahil natatakot akong harapin ang resulta sa mga pinagsasabi ko kay Althea. Natatakot akong malaman na umalis na talaga ng mansion si Althea. Pero pagpasok ko palang ng mansion, iba na ang atmosphere. Ang lungkot-lungkot ng buong paligid. Something is missing. Ang tahimik ng buong bahay. Hindi ganito katahimik ang bahay na 'to simula ng dumating si Althea.

Dahil sa katahimikan ng buong mansion, alam na alam ko na umalis na siya. Tuluyan na ngang umalis si Althea sa mansion at lalong-lalo na sa buhay ko.

Paakyat na sana ako sa kuwarto ko nang makarinig ako ng ingay mula sa kusina. Pinuntahan ko iyon para malaman kung bakit may ingay doon.

Pagsulyap ko, nakita kong may nakatapon na pagkain sa gilid ni Chris. Mukhang mag di-dinner na sila. Si Klode at Klyde naman nasa gilid ni Chris at pilit siyang pinapakain.

"What's happening here?" seryoso kong tanong kay Klode at Klyde.

Parehas silang sumulyap sa akin pero mabilis din nilang binawi yung mga tingin nila. May lungkot din sila pareho sa mga mata nila. Apektado rin ba sila ng pag-alis ni Althea?

"Ayaw kumain ni Chris, Kuya," aniya ni Klode na hindi na ako tinignan.

"I don't want to eat!" nagsalita si Chris. "I want Ate Althea!"

Nagsasalita na si Chris? Sa sobrang gulat ko dali-dali ko siyang tinignan.

"Nakakapagsalita ka na ulit, Chris?" gulat kong tanong sa kanya.

Pagtingin ko sa mukha ni Chris, kitang-kita ko yung pamamaga ng mga mata niya. Halatang kanina pa siya umiiyak. Marahil umiyak siya dahil sa pag-alis ni Althea. Sa kanilang tatlo naman, si Chris ang pinakamalapit kay Althea. Siya rin ang pinakapaborito ni Promdi girl.

Tumayo si Chris mula sa kinauupuan niya, "I hate you!" sigaw niya sa akin "Because of you, Ate Althea left me. Because of you, she's always crying. Ate Althea loves

you so much, Kuya Elton. But you always making her cry. Now, she left me too. Ate Althea said to me that she would not leave me like Mom and Dad and Kuya Erwin. But because of you, she. . .she left me. Kuya Elton, why you always hurt her? Wala naman siyang ibang ginagawang masama sa'yo. . .Pero. . .pero," nakita kong napaiyak na si Chris "Pero palagi mo siyang pinapaiyak."

Pagkatapos magsalita ni Chris saka siya tumakbo papunta sa itaas. Gulat ako sa mga sinabi niya. Pero mas gulat ako dahil nakakapagsalita na ulit siya. His doctor once said na mahihirapan na ulit makapagsalita si Chris dahil na-traumatized siya. Pero papaanong nakakapagsalita ulit siya?

"Gulat ka ba dahil nakakapagsalita na ulit si Chris?" binaling ko ang tingin ko kay Klyde nang magsalita siya. Seryoso siyang nakatingin sa akin. "It all thanks to Althea. Siya ang reason kung bakit nakakapagsalita na ulit si Chris. But too bad, imbis na pasalamatan siya, pinalayas mo siya. You're really something. You really know too well how to destroy someone's heart."

I glared at him, "Wala kang alam, Klyde. So shut the fuck up kung ayaw mong mabugbog kita ngayon." pagbabanta ko "I've already had enough for this day. Huwag ka nang dumagdag."

"Magsasalita ako hanggang gusto ko," sagot pa niya "Anong karapatan mong saktan si Althea, Kuya Elton? Ano bang ginawa nung tao sa'yo para lang saktan mo siya nang ganito? She really loves you. Kahit ilang beses mo siyang sinasaktan, minamahal ka pa rin niya. Why can't you love her? Ah..because you already have your Jeninna. Yung Jeninna na walang nagawa para sa pamilya natin unlike Althea? Yang Jeninna mo ba nagawang pagsalitain si Chris?"

"Huwag mong idamay si Jeninna, Klyde. Wala siyang kinalaman dito."

"Idadamay ko siya dahil isa rin siya dahilan kung bakit mo pinaalis si Althea!!" napasigaw si Klyde.

This is the first time na sinigawan niya ako. Hindi kami magkasundong dalawa pero kahit kailan hindi niya ako pinagtataasan ng boses. He's too mad. Halatang kanina pa niya ako gustong sapakin.

"Pinaalis ko si Althea dahil iyon ang nararapat." aniya ko.

"Iyon ang nararapat?" balik tanong ni Klyde. Si Klode nananatiling tahimik "Or you thought that was the best for you? Anong karapatan mong palayasin yung taong kailangan namin? Hindi ba dapat ikaw nalang ang lumayas sa bahay na 'to? Mas kailangan namin si Althea kaysa sa'yo."

"Kailangan niyo si Althea? Bakit? Ano bang nagawa niya para sa inyo? Ano ang nagawa niya para isipin niyo na kailangan niyo siya?" galit kong tanong.

"Maraming nagawa si Althea para sa amin, Kuya Elton," sumagot si Klode "Ang dami

niyang nagawa sa mansion na 'to pero hindi mo iyon nakita. Palagi kasing pagkakamali niya yung nakikita mo."

"Althea told me to understand you. Sinabi niya sa akin na nahihirapan ka lang ipakita yung pagmamahal mo sa aming mga kapatid mo," nagsalita ulit si Klyde "She understands you too well but you never understand her. Ang bilis niya rin magpatawad. Kahit. . .kahit nasaktan ko si Althea noon nung gagawan ko siya ng masama, pinatawad niya agad. Kahit pinagtripan siya namin ng mga tropa ko at ako ang dahilan nang pagkamatay nung alaga niyang biik, pinatawad niya pa rin ako. To be honest, I don't deserve her forgiveness. But she did it. She did it anyway because she has a pure and kind heart. Tapos itatanong mo sa akin kung anong nagawa niya?"

"Sinabi sa akin ni Altea na huwag akong matakot ipakita yung totoong ako. I am gay, Kuya Elton," aniya naman ni Klode kaya gulat akong napatingin sa kanya "Natatakot akong umamin sa'yo dahil ayokong husgahan mo ako. Pero nang dahil kay Althea, lumakas ang loob ko. Kasi kahit itaboy mo ako bilang kapatid mo, alam kong tatanggapin ako ni Althea. Sinabi niya sa akin na kahit anong mangyari, talikuran man ako ng lahat, hinding-hindi niya ako tatalikuran. Tatanggapin niya ako ng buong-buo. Kuya, wala siyang masamang ginawa. Nang dahil din kay Althea, nagkaayos kami ni Klyde. Nakapagsalita si Chris. Naging masaya ang mansion."

"Yung time po na nawala si Chris," biglang may nagsalitang katulong. Nakita ko si Nicca "Ako po talaga yung may kasalanan nun. Pero inako lang ni ma'am Althea dahil alam niyang papalayasin niyo ako. Ininda niya lahat ng masasakit na salitang sinabi niyo sir Elton para sa kapakanan ko. Ang sabi niya pa, ayusin ko ang trabaho ko para palagi ako makapagpadala ng pera sa sa amin. Ayaw niya kasing maging katulad ko siya. Ayaw niya maging ulila."

"Ulila? Katulad ni Althea?" gulat kong tanong "Hindi ulila si Althea. May lolo pa siya."

"Sino naman nagsabi sa'yong may lolo pa si Althea?" tanong ni Klyde "Ulilang lubos na si Althea. Patay na rin yung lolo niya kaya siya pumunta dito sa atin dahil wala na siyang kasama sa buhay."

"Don't fucking lie, Brylan Klyde!"

"He's not lying, Kuya," aniya ni Klode "Wala ng kasama si Althea sa buhay. Tanging sarili nalang niya ang kakampi niya. Nung pumunta siya rito sa mansion, that was the first week of her grandfather's death. Minsan ko rin siyang nakitang umiiyak habang yakap-yakap yung litrato ng lolo niya."

"Hindi ko alam kung anong nakita ni Althea sa'yo at kung bakit paulit-ulit mo siyang sinasaktan. But thanks to you though. Salamat dahil pinaalis mo na si Althea dito at hindi mo na siya masasaktan pa," pag singit ni Klyde "Kuya, obvious naman na mahal mo si Althea e. Pero nag bubulag-bulagan ka lang. May Jeninna ka kasi. Pakiramdam mo nang dahil kay Althea, pinagtataksilan mo si Jeninna mo. Yung kasalanan mo, kay Althea mo binubunton. Kaya palagi mo siyang sinasaktan. Pero lahat ng iyon, ininda niya. Mahal ka kasi ni Althea. Mahal na mahal."

"It's obvious that you love her. Yet your kind of love isn't worth accepting. You suck bigtime, Kuya Elton." dagdag ni Klyde "Sana lang nung namatay ang lolo ni Althea. Hindi na siya pumunta dito sa sa atin. Edi sana, hindi na siya paulit-ulit umiyak at nasaktan nang dahil sa'yo!"

"Anong nangyayari? Bakit kayo nagsisigawang magkakapatid?"

Sabay-sabay kaming napatingin sa nagsalita. Pagtingin ko sa likuran ko nakita ko si Lolo Andres. Mukhang kadarating niya lang galing sa paghahanap kay Erwin. Ilang linggo rin siyang nawala.

"Nakita ko na si Kuya Erwin niyo!" masaya niyang anunsyo. Ngiting-ngiti siya. Pero ni isa sa amin walang makangiti. "Bukas na bukas darating na siya dito! Anyway, nasaan si Althea?"

"She's gone," sagot ni Klyde.

"She's gone?" hindi nawawala yung ngiti ni Lolo Andres "Anong she's gone, Klyde. Puro ka talaga kalokohan. Tulog na ba si Althea, Klode? Ang aga naman. Gusto ko pa naman ikwento sa kanya yung magandang balita ko. Siguradong laughtrip dizz na naman ako sa reaction niya. Siya pa naman ang palaging nagpapalakas ng loob ko para mahanap si Erwin."

"Lolo, wala na si Althea," tugon naman ni Klode.

"Ano bang wala na? Birthday ngayon ni Althea, 'di ba? Nasaan na siya? Gusto ko siyang batiin."

"Pinalayas siya ni Kuya Elton kanina," napatingin ako kay Klode pero napaiwas siya ng tingin.

Gulat na napatingin sa akin si Lolo Andres. Pero yung gulat niyang expression ay biglang nawala. Napalitan ito ng galit na tingin. Titig na titig siya sa akin.

"You did what, Elton Alexander?" seryoso niyang tanong.

"Pinalayas ko na siya," aniya ko "Pinabalik ko na siya sa probinsya na pinagmulan niya."

"Why did you do that?" kalmadong tanong ni Lolo.

Pero alam kong pinipigilan niya lang ang galit niya.

"Dahil hindi naman niya kailangan pumunta dito in the first place!" napataas ang

boses ko "Lolo, kaya niyo lang naman siya pinapunta dito dahil gusto niyo siyang ipakasal sa akin, 'di ba? Binayaran niyo siya kaya napapayag niyo siya na pakasalan ako. Oo, pumayag ako. Pero, kasinungalingan lang iyon. Ayoko siyang pakasalan, Lolo. May girlfriend ako. At siya ang papakasalan ko."

"Anong binayaran? Binayaran ko kamo si Althea para mapapayag siyang pakasalan ka?"

"Oo, hindi ba?" tanong ko "Narinig kong nagbigay ka ng P50,000 kay Althea. Iyan lang ba ang halaga ko sa'yo, Lolo? P50,000 para pakasalan ko yung babaeng hindi ko pa nakikita noon?"

"Are you out of your mind, Elton Alexander? Hindi ko binayaran si Althea para mapapayag siyang pakasalan ka. Iyung binigay kong pera sa kanya ay para sa pampalibing ng lolo niya at mga naiwan na utang ni Philip. Tulong ko yun sa kanila ng Lolo niya!" sigaw ni Lolo kaya napatigil ako. "Hindi alam ni Althea na ipapakasal ko siya sa'yo. Sinabi ko lang sa kanya iyun nang mapunta siya dito. Pumayag siyang lumuwas dahil akala niya trabaho ang pupuntahan niya!"

"Bakit. . .bakit ngayon niyo lang sinabi sa akin yang mga yan?"

"Dahil akala ko alam mo naman iyun!" sagot ni Lolo "At ano kamo, may girlfriend ka? Alam ba ito ni Althea? Alam niya bang may girlfriend ka kahit may planong magpakasal kayo?"

"She knew it," aniya ni Klyde "At oo, lahat iyun ininda ni Althea. Para sa kapakanan ni Kuya Elton. Hindi siya nagsumbong dahil ayaw niyang mapasama si Kuya Elton sa paningin mo, Lolo."

Lalong sumama ang tingin sa akin ni Lolo, "Elton, ganyan kagrabe mo trinato si Althea?" hindi ako nakasagot "Nung una, pinatulog mo siya sa bodega. Pero, hindi siya nagreklamo sa akin. Nakiusap pa siyang huwag kitang pagalitan. Ayaw na ayaw niyang sumama ang tingin ko sa'yo. Ginawa mo rin siyang janitress sa kompanya," gulat akong tumingin kay Lolo "Nagulat ka ba kasi alam ko? May nagsabi sa akin, Elton. Bawat galaw mo sa kumpanya ay alam ko. Pero nakita mo bang nagalit ako sa ginawa mo? Hindi, Elton Alexander. Kasi alam kong kapag nagalit ako sa'yo, magagalit sa akin si Althea. Tapos ito pa? May girlfriend ka pala at alam pa ni Althea. Elton Alexander, this is too much!"

"E, kayo lang naman may gustong magpakasal kami, 'di ba?" galit kong tanong "You never considered my feelings! Hindi mo ako tinanong kung gusto ko ba siyang pakasalan. Bigla-bigla ka nalang nag desisyon. Ano ba ako, Lolo? Laruan? Walang feelings? Akala mo—"

Naputol ang sinasabi ko nang bigla-bigla akong sampalin ni Lolo.

"Hindi ako ang nag desisyon nito, Elton Alexander! Ikaw ang nagsabing papakasalan mo si Althea." sagot niya "My goodness! Hindi ko alam na ganito kasakit ang mga pinagdadaanan ni Althea sa bahay na 'to!"

"Kailan ko sinabing papakasalan ko siya?"

"Noong bata ka pa!" tugon niya "Noong bata ka pa, bago ka magkaroon ng trauma sa dati mong yaya at bago ka dalhin nila Erwan sa America, palagi kitang dinadala sa probinsya nila Althea. Ikaw ang nagsabi na gusto mo siyang pakasalan dahil ayaw mo na siyang mag-isa. Nalaman mo kasi noon na wala na siyang mga magulang. Palagi mo sinasabi sa kanya na kapag laki niyo, gagawa kayo ng sarili niyong pamilya. Hindi ako ang nag decide na pakasalan mo siya, Elton Alexander. Ikaw ang may gusto nito sa simula pa lang. Ikaw ang nangako kay Althea."

"Thea, paglaki natin papakasalan kita ha?"

"Sigurado ka ba, Ton-ton?"

"Oo naman. Para gagawa tayo ng sarili nating pamilya."

"Pangako? Hindi na ako mag-iisa?"

"Oo, pangako. I'll marry you so you won't be alone anymore."

Bigla-bigla akong napahawak sa ulo ko nang bigla itong kumirot. Bahagya akong napapikit nang may makita akong mga flashbacks. Naalala ko yung memories ko noong bata pa ako kung saan may nakilala akong batang babae na gusto kong pakasalan paglaki ko.

Ang dami kong mga nawalang alaala na ngayon lang bumalik sa isipan ko. Sunod-sunod ko naalala si Althea noong mga bata palang kaming dalawa. Yung mga pangako ko sa kanya. Yung sinabi kong hinding-hindi ako mag gi-girlfriend paglaki ko dahil siya lang ang gusto ko. Yung sinabi kong papakasalan ko siya kapag laki namin at ako mismo ang susundo sa kanya sa probinsya nila.

Pero ni isa doon wala akong tinupad. Wala akong natupad na pangako ko sa kanya. Nasaktan ko lang siya nang paulit-ulit. Nasaktan ko nang ilang beses yung babaeng una kong pinangakuan na papakasalan ko kapag laki ko.

"Alam. . .alam ba 'to ni Althea?" basag na ang boses ko "Alam ba ni Althea na ako si ton-ton? Alam niya ba yung tungkol sa mga pangako ko sa kanya?"

"Oo. Alam niya lahat ng iyon. Alam niyang ikaw si Ton-ton niya at alam niya yung mga pangako mo sa kanya."

"Pero. . .pero bakit hindi niya sinabi sa akin?"

"Hindi ba halata? Dahil gusto niyang maalala mo siya nang kusa at hindi dahil sinabi niya ito sa'yo."

Muli akong napahawak sa ulo ko. Sobrang sakit ng ulo ko dahil sa mga alaala ko na nawala. Bigla kong naalala yung pag-uusap naming dalawa ni Althea sa park nakaraan.

"Secret kung sino ang first love ko. Pero anong klase siyang tao? Uhm. Siya yung tipo ng tao na handa niyang gawin ang lahat mapasaya lang ako. Naalala ko na gumawa ako ng suman, kahit hindi yun masarap, kinain niya pa rin, maging masaya lang ako. Na-ospital pa siya nun nang dahil sa akin. Sumakit kasi ang tiyan niya. Akala ko nun magagalit siya sa akin. Pero hindi, nakangiti pa rin siya. Yung klase ng ngiti na walang pagsisisi. Bakit? Masakit ba ulo mo?"

"Oo. Parang kumirot bigla e. Pero ayos na. Wala 'to. Siguro sa pagod lang. Tapos?"

"Tapos ayun. Ang dami niyang pangako sa akin. Ang dami niyang sinabi na tutuparin niya raw."

"Tinupad ba niya? Ano na nangyari sa kanya?"

"Hindi na niya ako naalala."

"Bakit? Bakit hindi ka na niya naalala?"

"Umalis kasi siya sa probinsya nun. Tapos nung muli ko siyang nakita, hindi na niya ako kilala. Parang hindi kami nagkakilalang dalawa at hindi siya nangako ng sobrang dami dati. Nakalimutan na niya ako na parang neverness nag-existsness yung salitang ako at siya at pangako naming dalawa sa isa't isa sa mundong 'to ganon. Pero ayos lang. Masaya na naman siya ngayon e. May girlfriend na kasi siya."

"Mahal mo pa rin siya hanggang ngayon?"

"Oo naman. Hinding-hindi yun magbabago. At kung sakaling tumanda ako at magkaroon ng mga anak saka apo, hindi ako mahihiya na ikwento siya sa kanila."

"Kung mahal mo pa rin siya, ano pala nararamdaman mo sa'kin?"

"Mahal din kita, Elton. Mahal na mahal."

"E, kung mahal mo ako, bakit mahal mo pa rin siya?"

"First love is the hardest to forget, Elton. Saka, masaya na siya ngayon. Alam kong eventually, makakalimutan ko rin siya."

Naramdaman ko nalang na unti-unti na naman akong napaiyak nang maalala ko kung gaano kalungkot yung mukha ni Althea nakaraan habang kinukwento niya sa akin yung

first love.

Yung first love niya na ako pala ang tinutukoy niya. Hindi ko alam kung bakit ako ganito katanga at kagrabe kay Althea. Bakit ko siya ginanito? Bakit ako naging manhid at bulag pagdating sa totoo kong nararamdaman kay Althea? God, please, forgive.

Patuloy lang akong lumuluha. Wala akong pakialam kahit nakatingin sa akin sila Klyde. Umiyak lang ako sa harapan nila na parang bata. Nasasaktan ako dahil nakalimutan ko si Althea at yung mga pangako ko sa kanya. Pero mas higit ako nasasaktan dahil nasaktan ko yung babaeng una at patuloy kong minamahal.

"Ton-ton, babalik ka dito sa probinsya, 'di ba? Nalulungkot kasi ako kapag wala ka dito e."

"Thea, I'm so sorry," pagsasalita ko sa sarili ko. "I'm so sorry for everything."

Huli na ba ang lahat para sa aming dalawa?

==========

Chapter 50

Last 10 chapters nalang ang kwento ni ma'am bobita! :D

COMMENT MGA STUDENTNESS! THANK YOU! LABYU!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 50. ELTON'S POV

Pitong araw na ang lumipas simula nang paalisin ko rito sa mansion si Althea at

tuluyan na siyang umalis sa buhay ko. Marahil kung para sa iba, pitong ordinaryong araw lamang iyon. Pero para sa akin, yung mga bawat araw na lumilipas na hindi ko nakikita si Althea ay parang isang bangungot. Isang uri ng bangungot na hindi ko alam kung kailan ba hihinto o may plano pa bang huminto.

Lahat ng tao rito sa mansion ay apektado sa pag-alis ni Althea. Kitang-kita ko yung resulta ng mga katangahan ko. Lahat sila malungkot. Naging matamlay ang buhay dito sa mansion. Si Klyde, bumalik sa dati niyang ugali. Minsan lang kung umuwi. Si Klode hindi ako pinapansin kahit kinakausap ko. Si Chris naman hindi na ulit nagsalita. Minsan bigla-bigla nalang siyang iiyak.

Si Lolo naman hindi rin ako pinapansin. Kahit sumasabay ako sa kanya sa pagkain, hindi siya nagsasalita. Parang hangin lang ako kung tratuhin niya. Kahit bumalik na rito sa mansion si Erwin, ang tamlay pa rin talaga ng paligid. Hindi dahil may temporary amnesia si Erwin. Kundi dahil, lahat sila nami-miss si Althea. Hindi ko inaakalang ganito sila lahat kalapit kay Althea.

Ngayong nawala si Althea, saka ko lang na-realized kung gaano siya kaimportante sa akin. Kung gaano ako hindi sanay na hindi ko siya nakikita o naririnig ang pagtawa niya o yung paiikot-ikot niya rito sa mansion. Hindi na ako sanay na hindi ko nararamdaman ang presensiya niya.

Hindi ko na ma-imagine kung ano ba yung klase ng buhay ko noong mga panahon na hindi pa siya dumadating dito at hindi ko pa ulit siya nakikilala. Kapag kasi iniisip ko kung kailan ako huling ngumiti at tumawa, si Althea ang pumapasok sa isipan ko. Siya kasi ang kasama ko at nasa tabi ko nung mga panahon na hindi ko pa kayang ngumiti at tumawa.

Kahit palagi kong sinasabi sa kanya noon na nakakainis yung pagiging bobita niya, but deep inside, natutuwa ako sa kanya. Palagi niya akong pinapatawa noon. Palagi niya akong minamahal. Pero wala akong nagawa sa kanya kundi suklian siya ng hinanakit.

Ang hirap pala ng ganito. 'Yung saka mo lang mare-realized ang worth ng isang tao sa'yo kapag nawala na siya sa buhay mo. O siguro, alam ko naman ang worth niya sa akin pero hindi ko lang iyon pinansin. Kasi inakala ko na kahit mahirapan siya sa mga pinaggagawa ko sa kanya, hinding-hindi siya masasaktan. Hinding-hindi niya ako susukuan.

Masyado akong nagtiwala sa pagmamahal ni Althea sa akin. I thought she wouldn't give up no matter how much I hurt her. I thought she would still hold on despite the pain that I inflicted onto her heart. Nakalimutan kong tao pa rin pala siya. Isang klase ng tao na kahit lubus-lubos kung magmahal, marunong din pala siyang masaktan.

Nakalimutan kong kahit gaano ako kamahal ni Althea, mapapagod din siya sa pagmamahal sa akin. Imbis kasi na maging maligaya siya sa pagmamahal na nararamdaman niya, nasaktan ko siya ng higit sa nararapat niyang maramdaman. O, hindi niya iyon kahit kailan nararapat maramdaman.

"Elton, mahal na mahal kita. Kahit ang sakit-sakit na."

"Ikaw lang ang gusto ko, Elton."

It breaks my heart remembering how many times she said that she loves me yet I didn't do anything to love her back. Ngayong naalala ko yung mga times na sinasabi ni Althea na mahal niya ako at ako lang ang gusto niya, it fucking hurts. It as if my heart was gonna explode because of so much pain.

Pero kahit masakit, hindi ako nagrereklamo. Alam ko kasing itong nararamdaman kong sakit sa dibdib ko ngayon ay walang-wala kumpara sa sakit na nararamdaman ni Althea. I've done something terrible to her. I made her suffer a lot.

Sa mga araw na lumilipas, isa-isa kong naalala yung mga memories naming dalawa ni Althea noong mga bata pa kaming dalawa. Para itong naging slideshow sa utak ko. Kahit nasaan ako, siya lang ang laman ng isipan ko. At sa tuwing naalala ko yung pangako ko sa kanya na siya ang papakasalan ko kapag laki naming dalawa, napapaiyak ako. Napapaiyak ako sa katangahan ko.

Gabi na naman ngayon pero si Althea pa rin ang iniisip ko. Kung kumain na ba siya. Kung anong ginagawa niya sa mga oras na 'to. Kung umiiyak ba siya o nami-miss niya ang mansion. O kung iniisip niya ba ako? Ang gago ko lang para umasa na iniisip niya pa rin ako after ng mga ginawa ko sa kanya. Pero, umaasa ako. Sana. . .sana iniisip niya rin ako.

Nasa balcony ako ng kuwarto ko at nakatingin sa madilim na langit na punong-puno ng mga bituin.

"Althea, nakikita mo rin ba yung mga bituin?" sabi ko sa sarili ko "Thea. . ."

"Oink! Oink!" napatingin ako sa likuran ko at nakita ko si Dudong at Dudang.

Kahit hating gabi na, gising pa rin sila. Akala ko natulog na silang dalawa.

"Oink! Oink!" sabay nilang pagsasalita. Halatang hinahanap nila si Althea.

Yumuko ako at binuhat silang dalawa. Saka ako naglakad papunta sa kama ko para humiga.

"I'm so sorry Dudong at Dudang," yinakap ko silang dalawa nang mahigpit "Nang dahil sa akin, umalis si mommy Althea niyo. Nasaktan ko siya."

Napapikit ako nang maramdaman ko 'yung mga luha ko na naman na nagbabadyang lumabas. Naging emosyonal ako mula nang umalis si Althea at maalala ko na siya si Thea. Para bang naging bata ako at mapapaiyak nalang dahil sa sobrang lungkot.

Ang lungkot naman talaga dahil wala na si Althea dito at hindi ko na siya nakikita. Kahit ang daming tao dito sa mansion para pa rin akong nag-iisa. I feel empty. May kulang kasi. May nawawala.

Pagbaba ko ng dining area kinabukasan, naabutan ko si Lolo, Erwin, at Chris na kumakain. Pagkakita palang sa akin ni Chris, agad na siyang tumayo at umalis kahit 'di pa siya tapos kumain. Si Lolo naman hindi ako pinapansin. Si Erwin lang ang bumati sa akin.

"Good morning, bro." aniya niya "Kain."

Tumango lang ako at umupo sa tabi niya.

Sa ilang b'wan na pagkawala ni Erwin, nag-iba siya. Naging kayumanggi yung balat niya. Para bang nasunog yung balat niya sa kakabilad sa araw. Masyado na rin humaba ang buhok niya. Hindi na siya yung dating Erwin na palaging masiyahin. Para bang sa nakikita kong Erwin ngayon, para bang hindi siya masaya na nakauwi na siya dito sa mansion at sa amin. Mukhang mas gusto niya doon sa lugar kung saan siya nanirahan. Parehas kaming dalawa ngayon. Parehas nangungulila.

"Papasok ka sa trabaho ngayon, bro?" tanong sa akin ni Erwin.

Napatango ulit ako, "Oo." sagot ko "Ikaw, gusto mo na bang bumalik sa kumpanya?"

Binigyan niya ako ng matipid na ngiti, "Hindi pa. Hindi ko pa naalala lahat e." sagot niya.

"May temporary amnesia ka nga pala," sagot ko "Pati ba si Kwinnie naaalala mo?"

"Kwinnie?" kunot noo niyang tanong.

"Yung girlfriend mo," sagot ko naman "Tapos si George naman yung best friend mo."

Napaiwas siya ng tingin, "Hindi ko naalalang may girlfriend ako." saad niya "At kung may girlfriend man ako, hindi siya yun. Yung girlfriend ko nandun sa lugar kung saan ako natagpuan ni Lolo."

Hindi na ako ulit nagtanong dahil parang iniiwasan ni Erwin yung topic about kay Kwinnie. Siguro nahihirapan siya dahil nga sa amnesia niya. O, siguro mas gusto na ni Erwin kung ano siya ngayon kaysa maalala yung mga memories na nawala sa kanya.

"I called Althea last night," bigla akong napatingin kay Lolo nang magsalita siya.

"Anong sabi niya? How is she? Is she doing fine?" sunod-sunod kong tanong.

"She's doing fine," straight na sagot ni Lolo "And nagsisimula na siyang mag trabaho." napahawak si Lolo sa ulo niya "Sana hindi mahirapan si Althea doon. Imbis na masarap na buhay ang nararanasan niya dito, hindi e. Muli siyang nahihirapan dahil sa katangahan mo, Elton Alexander."

Napayuko ako sa sinabi ni Lolo. Hindi na ako umapila dahil totoo naman iyon.

"Pero I'm sure kayang-kaya iyon ni Althea. Si Althea pa ba? E, sanay yun sa hirap," dagdag ni Lolo "Yung pagpapahirap mo nga sa kanya nakaya niya e. Yung trabaho pa kaya niya ngayon?"

"Tinanong. . .tinanong ba ako ni Althea?" mahina kong tanong kay Lolo.

Mapakla siyang napatawa, "Bakit ka naman niya tatanungin? Pagkatapos ng mga pinaggagawa mo sa kanya, may lakas ka pa ng apog magtanong kung tinanong ka niya? Did you hear yourself, Elton Alexander? Hindi ko kinakaya katangahan mong bata ka."

"I know," aniya ko "Ang tanga-tanga ko."

"Pero tinanong ka nga ni Althea," napatitig ako kay Lolo. Hinihintay ang susunod niyang sasabihin "Tinanong niya sa akin kung kumusta ka at kung anong ginagawa mo. Sinabi niya rin sa akin na huwag na huwag akong magagalit sa'yo at huwag ko raw tututulan ang pagmamahalan niyo nung girlfriend mo. Kung pakasalan mo raw yung girlfriend mo, pumayag daw ako at tanggapin yun bilang apo ko. Iyon nalang daw ang hiling niya."

Napatigil si Lolo sa pagsasalita at naging emosyonal. Pinunasan niya yung luha niya.

"Nakikita mo kung gaano kabait na tao si Althea, Elton? Iyon ba yung sinasabi mong tao na binayaran ko para lang pakasalan ka? Iyon ba yung klase ng tao na mukhang pera? Nakita mo naman, 'di ba? Sa pagtira rito ni Althea, hindi siya humiling ng kahit na ano sa akin. Kahit gusto kong ibigay ang lahat sa kanya dahil mula bata siya puro paghihirap nalang ang nararanasan niya, hindi niya tinanggap. Mas gusto niya raw paghirapan ang isang bagay kaysa makuha niya ito ng madalian." tumayo si Lolo "Tama nga lang ang desisyon mo na hindi mo siya pakasalan, Elton. Hindi dahil hindi siya nababagay sa'yo. Kundi dahil, hindi ka nababagay sa tulad niya."

"Kung papakasalan mo man yung girlfriend mo, huwag kang mag-aalala. Hindi ako tututol. Ibibigay ko rin ang basbas ko sa inyong dalawa," dagdag pa ni Lolo "Pero huwag kang aasa na dadating ako sa kasal mo. Hindi ko kayang panoorin na kinakasal ka habang si Althea ay naghihirap."

Tapos nag walk-out na paalis si Lolo sa dining area. Naiwan kaming dalawa ni Erwin na hindi nagsasalita. Wala rin akong ibang masabi. Bawat salitang sinabi ni Lolo tumagos sa laman ko. Deserve ko naman ng lahat ng iyon. Naging masama ako kay Althea e.

Bigla akong tinapik ni Erwin sa balikat kaya napatingin ako sa kanya.

"Do you love her?"

Malungkot akong ngumiti, "Mahal na mahal ko siya," sagot ko sa kabila nang paninikip ng dibdib ko "Pero hindi ko na sigurado kung dapat ko pa ba siyang mahalin sa kabila ng mga nagawa ko sa kanya. Pakiramdam ko, wala na akong karapatan. Kung alam ko lang na magiging ganito ang lahat. Edi sana. . .sana noon palang nilinaw ko na ang nararamdaman ko. Edi sana. . .hindi na ako nakasakit ng ibang tao." huminga ako ng malalim "Pero mukhang huli na ang lahat."

"Hindi pa huli ang lahat, Elton." ngumiti si Erwin sa akin. Yung klase ng ngiti na palagi niyang pinapakita sa akin noon sa tuwing may problema ako. Yung ngiti na nagsasabing magiging okay din ang lahat. "Hanggang hindi ka pa gumagawa ng mga paraan para muli mo siyang makuha, hindi pa huli ang lahat. May nagsabi sa aking babae sa lugar kung saan ako napadpad na 'Kapag minahal mo ang isang tao, dapat handa kang gawin ang lahat. Dapat handa kang ibaba yung pride mo. Dapat hindi ka mahihiya na suyuin siya at ipakita na mahal mo talaga siya.'"

"Minsan nasasaktan natin ang taong mahal natin," dagdag pa ni Erwin "Okay lang iyon. Tao lang din naman kasi tayo. Isang klase ng tao na nakakagawa ng pagkakamali. Doon kasi tayo natututo. Ang importante, marunong tayong gumawa ng paraan para maitama yung pagkakamali natin. Patunayan mo sa kanya na nagsisisi ka na. Itama mo lahat ng pagkakamali mo."

Mabilis akong tumayo, "O, saan ka pupunta?"

"Itatama ang pagkakamali ko," aniya ko.

"Goodluck!" sagot ni Erwin saka siya ngumiti.

Paalis na sana ako ng dining area nang muli akong bumalik.

Nilapitan ko si Erwin saka siya niyakap ng mahigpit. Mukhang nagulat siya pero wala naman siyang sinabi sa akin. Instead, he hugged me back. Yinakap niya ako na para bang bata pa rin kaming dalawa. Naaalala ko noong mga bata palang kami, palagi niya akong yinayakap. Pero palagi ko rin naman siyang tinutulak palayo.

"Welcome home, bro." sabi ko saka nakangiti.

Natawa si Erwin, "I'm home." sagot niya saka kami nag fist bump.

Nagmadali na akong naglakad papuntang kotse ko saka ito mabilis pinaandar. Habang nagmamaneho, tinawagan ko si Jonas. Nakailang ring muna bago niya sinagot.

"Why? Anong kailangan mo?" pagsasalita niya.

"I need to see Jen. Kailangan na naming mag-usap," aniya ko "Malinaw na ang lahat sa akin."

"Good," sagot ni Jonas "Nasa lugar siya kung saan ka niya sinagot."

"Salamat, dude!"

"Welco—" hindi pa natatapos ni Jonas yung sinasabi niya pero pinatay ko na yung tawag.

Maya-maya pa may natanggap akong text galing sa kanya.

Humanda ka sakin kapag nakita kita. Masasapak kita.

Natawa nalang ako at nagpatuloy sa pagmamaneho.

Nasa lugar daw si Jen kung saan naging kami. Ibigsabihin nasa Elarson Beach Resort siya. Doon kasi ginanap ang first ramp ni Jen kung saan ako nanood. After the show, sinagot niya ako.

After 30 minutes, nakarating na ako sa beach resort. Agad kong pinark sa parking area yung kotse ko at dali-daling pumasok sa loob. Dumiretso ako sa front desk para tanungin kung anong room number ng kwarto ni Jen. Pero bago pa ako makapagtanong, natanaw ko na agad si Jen na naglalakad sa may buhanginan. She's wearing long beach dress habang nakalugay ang maganda niyang buhok. Tinatamaan pa siya ng sinag ng araw na akala mo'y nasa photoshoot siya.

Hindi na ako nagtanong sa front desk dahil mabilis na akong lumakad papunta kay Jen. Pero napahinto ako ng ilang dipa nalang ang layo naming dalawa. Pakiramdam ko sasabog ang puso ko sa sobrang kaba. Para akong masusuka. Hindi ko alam kung ano ang una kong sasabihin o kung saan ako magsisimula. Wala naman kasing magandang salita ang pwede mong sabihin kung magpapaalam ka rin naman sa kanya sa huli.

"Jen," pagtawag ko sa pangalan niya.

Napahinto si Jen sa paglalakad saka dahan-dahan siyang lumingon sa akin. Halatang nagulat siya pero agad din nama siyang ngumiti. Para bang inaasahan na niya ang pagdating ko ngayon.

"Alexander," malungkot niyang binanggit yung pangalan ko.

"Can we talk?" napalunok ako sa labis na kaba.

Hindi nawala yung ngiti ni Jen, "Kaya ka nga andito, 'di ba? Para makapag-usap tayo." tumango ako "Sure. Follow me." saka ulit siya naglakad.

Nakasunod lang ako sa paglalakad kay Jen. Hindi ko alam kung saan kami pupuntang dalawa habang naglalakad kami sa may buhanginan ng beach. Huminto lang kami nang makarating kami sa may parteng batuhan. Saka ko lang naalala na dito ako mismo sa pwestong 'to sinagot ni Jen noon.

Tumingin si Jen sa akin nang umupo siya sa may buhanginan, "Upo ka."

Umupo ako sa tabi ni Jen. Pagkaupo ko, nanatili lang akong tahimik. Tanging malakas na pagkalabog lang ng puso ko ang naririnig ko at maingay na paghalik ng dagat sa buhangin. Pati si Jen tahimik.

"So, anong gusto mong pag-usapan?" nagsalita si Jen pero hindi niya ako tinitignan.

Tumingin din ako sa harapan namin. "Hindi ko rin alam. Hindi ko alam kung saan ako magsisimula o kung ano ang kailangang una kong sabihin. Naguguluhan ako."

"Pero alam mo ang rason mo kaya ka andito, 'di ba?" tanong niya. Napatango ako at napaiwas ng tingin. "Alam natin parehas na kaya ka andito para tapusin na ang namamagitan sa atin."

"I'm so sorry," aniya ko.

"That's okay, Alexander. Alam ko namang darating din ang araw na 'to kaya napaghandaan ko na."

Hindi nawawala yung ngiti ni Jen pero alam kong ginagawa niya lang ito para ipakitang malakas siya. Gusto niyang makita kong kaya niya na mapag-isa para hindi na kami parehas mahirapan pa.

"This place brings back memories, right? Dito sa lugar na 'to naging tayo," inayos ni Jen yung buhok niya "Alam mo, Alexander, hindi talaga kita gustong sagutin nun. Hindi dahil hindi kita gusto."

"Kundi?"

"Kundi dahil," tumingin siya sa akin "Kundi dahil alam kong darating na kailangan din kitang palayain. Alam kong hindi tayo magtatagal dahil yung nararamdaman mo sa akin, hindi pagmamahal. Sympathy lang 'yon. Naaawa ka lang sa akin dahil nalaman mo yung past ko."

"It's not like that," pagtutol ko "Minahal kita. I did love you."

Natawa siya, "You did love me but not the kind of love that I felt for you."

Natahimik ako. Hindi ko kasi maintindihan yung sinasabi niya. Ang tangi ko lang alam ay minahal ko talaga si Jen. Mahal ko talaga siya kaya ko siya niligawan.

"You know, I've always thought that you gonna find your true love," pagsasalita ulit ni Jen "Alam kong hindi ako yung true love mo. Kaya ako umalis ng bansa at i-pursue ang modeling career ko sa New York? Gusto ko kasi makita mo yung babaeng nararapat talaga sa'yo. Yung babaeng mamahalin mo ng tama at hindi dahil lang naaawa ka."

"For pete's sake, Jen. Minahal kita. Yung pagmamahal ko sa'yo totoo yun. Hindi lang yon dala ng awa ko sa'yo. Stop saying that was just a sympathy cause it was not!"

"Sure," nakangiti pa rin si Jen "Sabihin na nating minahal mo nga ako. Pero siguro mga 30% lang. Hindi mo lahat binigay yung pagmamahal mo. Palagi kang may tinitira. Palagi kang may nirereserba for someone else. Kaya nung nakita ko si Althea? Alam ko kagad na sa kanya mo binigay yung 70% ng pagmamahal mo. Kahit hindi mo aminin sa sarili mo, ganun ang nangyari. The way na tumingin ka sa kanya, punong-puno ka ng pagmamahal. Iyon yung 'di ko naranasan sa'yo."

"Yung effort mo na pag i-stay sa akin, dala lang iyon ng pangako mo na hindi mo ako iiwan. Kaya kahit dumating na si Althea sa buhay mo, you made yourself blind. You don't want to accept the changes in your heart. Pero, Alexander," nakita kong nangilid na yung luha ni Jen "Hindi mo kailangan magpa-hero just for my sake. You know, you always have your freedom. Okay na naman ako. Hindi ko na kailangan ng alalay mo. Pwede mo na gawin ang gusto mo. Pwede mo na siya mahalin nang buong-buo na hindi ako inaalala."

Humangin ng malakas kaya napahinto si Jen sa sinasabi niya.

"Alexander, matagal ko ng natanggap yung pagbabago sa puso ko," humarap sa akin si Jen. Hinawakan niya ang pisngi ko habang lumuluha ang mga mata niya "Kaya ikaw din. You must accept it. We should accept the fact that this love isn't working anymore."

Tumayo si Jen at pinagpagawan ang sarili niya. May dinukot siya sa maliit niyang bag.

"Naiwan ito ni Althea sa ospital noong dinala mo siya. Nahulog niya ata," nagulat ako "Nung pumunta kayo doon, gising ako nun. Narinig ko lahat-lahat ng sinabi mo sa kanya. Yung sinabi mong gusto mo siya pero hindi pwede dahil sa akin. Ngayon, Alexander. Pwede mo na siya magustuhan. Kasi ang totoo, siya naman talaga ang gusto mo from the beginning. Pinahiram ka lang niya sa akin."

Inabot sa akin ni Jen yung sobre, "Pakisabi kay Althea, thank you. Salamat sa pagpapahiram niya sa'yo sa akin. I wish the best for the both of you."

Kinuha ko yung sobre kay Jen saka mabilis akong tumayo. Yinakap ko siya ng mahigpit. Yumakap din siya sa akin. Ilang sandal lang ang tinagal ng pagkakayakap naming dalawa.

"Thank you, Jen. Salamat sa pag iintindi," titig na titig ako sa mga mata niya. Pinunasan ko yung mga luha niya. "Naging masaya ako sa ilang taon nating magkarelasyon."

"I do, too. Naging masaya rin ako sa'yo," sagot niya. Muli niyang hinaplos yung mukha ko "Pero mas magiging masaya ka kapag nakuha mo na si Althea pabalik. Kaya, go for it."

Bahagyang lumayo si Jen sa akin saka na nagsimulang maglakad. Huminto siya at muling tumingin sa akin, "Alexander, make sure na makukuha mo siya pabalik okay? Huwag mong sasayangin ang pagpapalaya ko sa'yo. Please, she loves you so much. Deserve niyo ang isa't isa."

After nang sinabi ni Jen, tumalikod na siya at muling naglakad palayo sa akin. Hanggang sa hindi ko na siya matanaw. Pakiramdam ko, sa pagkakawala ni Jen sa paningin ko, tuluyan na siyang maglalaho panghabambuhay.

Muli akong umupo sa buhanginan para tignan yung sobreng inabot sa akin ni Jen. Naiwan daw ito ni Althea noon sa ospital kung nasaan si Jen. Pagtingin ko sa laman ng sobre, hindi ko maiwasang hindi maluha sa mga litratong nakikita ko. Ito yung mga litrato naming dalawa ni Althea noon sa probinsya nila. Puro ako nakangiti sa litrato hindi dahil kailangan kong ngumiti, kundi dahil kasama ko si Althea. Mula noon hanggang ngayon siya lang talaga ang nagpapasaya sa akin.

Halos manlabo na yung paningin ko habang tinitignan ko nang paulit-ulit yung mga litrato namin ni Althea. Lahat-lahat ng nawala kong memorya, naalala ko na ngayon. Naalala ko na rin kung gaano ko kamahal si Althea. Kung gaano ko kagusto siyang makasama at pakasalan. Kung gaano ko gustong bumuo ng pamilya na kasama siya. Bakit kasi ngayon ko lang naalala?

Hindi ko na napigilan yung luha ko nang mabasa ko yung sulat ko kay Althea noon. Bumalik sa akin yong pakiramdam ko noon habang sinusulat ko ito. Si Althea ang iniisip ko noong sinusulat ko ang sulat na ito para sa kanya. Ilang beses akong nagdasal na sana lumaki na agad ako noon para masundo ko na si Althea sa probinsya nila.

Mahal na mahal talaga kita, Althea. I'm so sorry for being late. Sana hindi mo pa sinasarado ang pintuan para sa ating dalawa. Pero kahit isarado mo man, hindi ako papayag. Wawasakin ko yung pintuang humaharang para sa pagbabalikan natin sa buhay ng isa't isa.

Naputol lang yung pagtingin ko sa mga litrato nang biglang tumunog ang cellphone ko. May tumatawag na galing sa kumpanya. Halatang urgent call.

"What do you need?" aniya ko.

"Sir, I am about to submit our wine entry in wine international competition. Kailangan nalang po ng pangalan ng wine. Ano pong ipapangalan natin?" tanong niya sa akin.

Saka ko naalala yung sinabi sa akin ni Althea noong time na ginagawa ko palang yung wine na ipanlalaban ng kompanya. Si Althea ang dahilan kung bakit ko nabuo yung lasa na yun.

"Bakit hindi mo nalang ihalintulad sa buhay ng isang tao 'yung ginagawa mong wine?"

"Paanong ihalintulad?"

"Ihalintulad. 'Yung parang mapakla dahil sa buhay ng isang tao hindi nawawala ang mapapaklang karanasan niya. Ito kasi ang naghuhubog sa kanya bilang isang ganap na tao. Pero may kasama ring kasiyahan. 'Yun naman 'yung tamis ba. Na kahit gaano kapakla ang buhay, malalasahan mo pa rin ang tamis sa dulo nito. Ganun ang gawin mo sa wine mo. Gawin mong mapakla pero may tamis ka pa ring malalasahan. Paghaluin mo sila. Lagyan mo ng pakla pero mas lamang ang matamis na lasa. Para sa bawat taong iinom nito bigla siyang mapapaisip na 'Parang buhay ko 'tong wine na iniinom ko.' Para palagi siyang mare-remindness na kahit gaano siya nahihirapan, may tamis pa rin siyang malalasahan sa dulo."

"Althea's Wine," sagot ko habang nakangiti dahil nakatingin ako sa litrato ni Althea "Althea's wine ang ipangalan mo. Althea means healing. Nang dahil kasi sa kanya, ang dami niyang nagamot at naayos na mga tao sa paligid ko. That wine deserves to be named after her."

"Got it, sir!" then I ended the call.

Tumingin ako sa dagat at nakita ko ang nakangiting mukha ni Althea.

"Wait for me, Althea. This time, ipaglalaban na kita," sabi ko sa sarili ko "Tutuparin ko na yung pangako ko sa'yo. Yung pangako na magpakasal si Ton-ton at Thea paglaki nila."

==========

Chapter 51

Last 9 chapters! Comment guys! :)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 51.After 3 months. (Ang bilis lumipas ng panahon, 'di ba? Kasing bilis ng ex mo na palitan ka!)

Itinigil ko 'yung ginagawa kong pagbibilang ng kinita ko para sa araw na 'to nang maramdaman ko na namang sumasakit ang likod ko. Palagi na talagang sumasakit 'tong likuran ko dahil sa bigat ng mga trabaho ko araw –araw. Tatlo kasi ang trabaho ko kada-araw. Ganon ako kaganda at ka-plastic. Este ganon ako kasipag dito sa probinsya namin. Kailangan mag trabaho para kumain.

Sa umaga, naglalako ako ng pandesal. Iniikot ko ang buong probinsya namin at naglalakad ako ng 50 kilometre araw-araw maubos lang ang pandesal ko na may palamang suman. Pande-suman ang tawag ko doon. Mabenta siya rito sa amin. Paanong hindi bebenta e tinatakot ko sila. Sinasabi ko, kapag hindi sila bumili ng paninda ko, susunugin ko ang bahay nila. Kaya ayun, palaging ubos.

Sa tanghali, tumutulong ako sa simbahan habang nakikipag-plastikan ako kay Pader Solomon. Isa akong part-time teacher doon at nagtuturo ng subject kung saan ako magaling. Natural sa english. Tinuturuan ko ng malulupit at mababangis na english yung mga bata sa simbahan. Palagi ko sinasabi sa kanila na kailangan nilang matutong mag english at maniwala sa kasabihang 'There's a plenty of fish in the sea,' o sa tagalog 'Ang lalaking hindi marunong lumingon sa pinanggalingan, malamang ako ang nasa harapan. Ang prettyness ko kaya.'

Pagkatapos ko naman makipagplastikan kay Pader sa simbahan at magturo ng malulupit na english, didiretso na ako sa dagat para manghuli ng mga isdang itititinda ko. Kapag nakahuli na ako, diretso naman agad ako sa palengke para magtinda. Palagi kong binobola 'yung mga namimili para lang makabenta. Palagi ko silang pinupuri kahit na walang kapuri-puri sa mukha nila. Mwahaha.

"Ate ang ganda mo ngayon!"

Kahit na yung ilong niya 'e parang sundalo. Palaging nakadapa.

"Ate, pumapayat ka ata?"

Kahit na yung suot niyang pantaloon 'e halos pumutok na dahil sa sobra niyang taba.

"Ate, ang nababawasan ata yung pimples mo. Naks!"

Kahit na yung mukha niya 'e wala na halos paglagyan ng pimples. Nagmukha na siyang taong tigyawat dahil sa dami niyang pimples sa mukha hanggang batok.

Ganito ako ka-plastik sa probinsya para lang kumita ng pera.

Okay na 'to kaysa naman magtulak ako ng shabu at magnakaw, 'di ba?

Ang dami kong trabaho kaya panay na ang pananakit ng likuran ko. Pero okay na manakit ang likuran ko kaysa naman ang puso ko. Ughh—tama na, Althea Josefa, baka kung saan na naman mapunta yang mga iniisip mo e. 'Di ba, nangako kana sa sarili mo na forgetness na yon?

K.

Inilibot ko 'yung dalawa kong mga matang kyot dito sa loob ng palengke. Wala ng tao rito dahil masyado ng gabi. Ako nalang ang natitira. Inabot na ako ng dilim dahil pinaubos ko talaga yung mga isdang tinda ko na nung huling b'wan ko pa nahuli. Nangangamoy na kasi kaya kailangan na mabenta. Hindi naman nakakatakot dito dahil may ilaw naman kaya goness lang.

Hindi pa ako tapos sa pagbibilang ng mga kinita ko ngayon. Lilinisin ko pa 'tong pwesto ko. Tapos huhugasan yung mga pinaglagyan nung mga isda. Hay. Ang dami ko pang gawa. Sana may dumating at tumulong sa akin. Sana may gwapong lalaki na darating para tulungan ang magandang ako.

"Josefa, ano, tapos ka na ba?"

Napatingin ako sa likuran ko at nakita ko si Zedrick na ang pogi-pogi sa suot niyang puting long-sleeve at itim na pants ngayon. Hayuf sa porma si Zedrick. Akala mo may pinuntahang party ngayon dahil sa ayos niya. Hindi na nakakapagtaka kung ang dami-daming mga babae rito sa probinsya ang nababaliw sa kanya. Ke-pogi naman kasi talaga ng tsinoy na 'to.

"Hindi pa," aniya ko "Nakikita mo ba 'tong pwesto ko? Ang kalat-kalat pa, 'di ba? Lilinisin ko pa yan."

Napasimangot si Zedrick, "Tsk. Talagang nagtinda ka pa rin, no?"

"Aba, natural! Kung hindi ako magtitinda, hindi ako makakakain. Alam mo namang bukod sa snob ako sa personal at plastic pa, patay gutom din ako, no."

"Sinabi ko naman sa'yo na kung gusto mo, bibilhin ko na lahat ng paninda mo, 'di ba? Basta ba'y umattend ka lang sa kasal ni Kuya e. Pero, ayaw mo pa rin."

"E, ayoko nga ng ganon, Zed. Ang gusto ko, pinaghihirapan ang mga bagay na nakukuha ko." tugon ko "Sige, ipilit mo pa 'yan. Kundi, friendshipness overness na tayo. Gusto mo ba yon?"

Umiling siya, "Ayaw. Tulungan na pala kita. Anong kailangan kong gawin para mapabilis ang ginagawa mo?" tanong niya sa akin habang unti-unting tinatanggal ang butones ng suot niya.

"Uhm," napaisip ako "Hugasan mo 'yang mga planggana. Tapos walisin mo 'tong sahig."

"Yun lang?" sagot niya nang matanggal niya na ang longsleeve niya. Lumitaw tuloy 'yung magandang katawan ni Zedrick. Jusko. Nakakainggit 'yung katawan niya. Ang kinis at puti.

"Huy, Josefa!"

"Ay, ano? May sinasabi ka ba?"

"Sabi ko ito lang ba gagawin ko?" sinampay niya sa gilid yung damit niya habang buhat-buhat na 'yung mga planggana. 'Di ko talaga maialis 'yung tingin ko sa katawan niya.

"Oo iyan lang," tugon ko "Pagtapos niyan, pwede na tayong umalis."

"Titig na titig ka kasi sa katawan ko, e. Hindi mo tuloy narinig ang sinasabi ko."

Napangisi si Zedrick kaya lalong sumingkit yung mata niya.

Ugh! Tawa na nga, Althea Josefa. Kumekerengkeng ka na naman. Manahimik ka. Iyang malandi mong kaluluwa itahimik mo na dahil ang dami-dami mo pang gagawin.

Binalik ko na yung atensyon ko sa pagbibilang ng kinita ko. Mabuti naman kahit papaano'y nabubuo ko na nang paunti-unti ang pambayad ko sa pwesto ko ngayong b'wan.

Napasulyap ako kay Zedrick habang abala siya sa ginagawa niya. Napangiti nalang ako sa sarili ko dahil malaking tulong talaga 'tong si Zedrick sa akin araw-araw.

Anak ni Tsung Go si Zen Go at Zedrick Go. Ang pinakamayaman dito sa probinsya namin. Sila rin ang may-ari ng palengke na 'to kung saan ako nagtitinda. Pero kahit mayaman sila, hindi iyon naging hadlang para makihalubilo sila sa mga mahihirap na tao rito sa probinsya. Lahat ng tao dito nirerespeto ang pamilyang Go. Bukod kasi sa mababait sila, madali silang lapitan.

Nakilala ko si Zedrick noong nakaraang b'wan. Nasa dagat ako nun at mangingisda na sana nang makita ko na may nagkakagulo sa pampang ng dagat. May nalulunod pala. Walang makasagip sa nalulunod dahil masyadong malakas yung hampas ng alon. Dahil mahadera ako't intrimitida, nilangoy ko iyon at iniligtas si Zedrick na siyang nalulunod pala. Pero bago ko pa siya nalapitan, nalunod na rin ako sa lakas ng alon. Ang ending, si Zedrick pa ang lumigtas sa akin. Nalunod ang maganda at magaling sa english na si ako. Pag gising ko, nasa mansion na ako ng mga Go. Nasa tabi ko nun si Zedrick at alalang-alala sa akin. Pinasalamatan niya ako nun.

Nagtataka nga ako, e. Bakit niya ako pinasalamatan nun 'e siya nga 'tong nagligtas sa akin. Ang sabi niya lang, kung hindi daw dahil sa akin, malamang wala na siya. Balak niya na raw kasi tapusin yung buhay niya nung oras na 'yun. Binatukan ko nga siya sa leeg. Sabi ko kung gusto niya tapusin ang buhay niya, uminom siya ng panglinis ng banyo. Hindi yung doon pa siya sa dagat magpapakamatay 'e doon ako nangingisda. Pepestehin niya pa ang hanap buhay ko.

Pagkatapos nang insidente na iyon, palagi na nakadikit sa akin si Zedrick. Madalas niya ako tinutulungan dito sa palengke para magbenta. Palagi tuloy malaki ang kita ko. Minsan naman sinasamahan niya rin akong mangisda. Mas marami pa siyang nahuhuli sa akin.

Dahil sa pagdikit-dikit ni Zedrick sa akin, madalas na kaming asarin ng mga tao rito sa probinsya. Baka raw kami na ang susunod na ikakasal. Hay, naku. Wala akong panahon sa ganong bagay. Wala na akong panahon sa love-love na yan dahil ayoko nang masaktan. Mahirap mag-move on.

"Oh, tapos na ako. May ipapagawa ka pa ba?"

Nilingon ko si Zedrick nang muli siyang magsalita. Pagtingin ko, tapos na niya nga iyong mga pinapagawa ko sa kanya. Malinis na iyung mga planggana. Tapos yung sahig, wala na ring kalat.

"Ang bilis, ha. Wala na. Pwede na tayong umalis."

"May kailangan pa akong gawin," sabi ni Zedrick habang sinusuot niya muli ang longsleeve niya.

"Ano?" sagot ko. Pinasok ko sa maliit na bag iyung pera.

"Ang mahalin ka," sagot niya saka ngumiti nang pagkatamis-tamis. "Gusto mo ba?"

"Ayoko," mabilis kong sagot "Tigil-tigilan mo ako, Zedrick. Sa iba mo sabihin iyan."

Napanguso si Zedrick na parang bata, "Bakit ba ayaw mong maniwala?"

"Na ano?"

"Na gusto kita," seryoso niyang sagot. Titig na titig ang singkit na mata ni Zedrick sa akin.

Tinitigan ko rin siya, "Hindi naman sa hindi ako naniniwala. Halata namang gusto mo ako, Zed."

"E, ano pala. Bakit 'di mo seryosohin yung sinasabi ko."

"Teka lang kasi. Patapusin mo muna ako. Masusungalngal talaga kitang tsinoy ka, e." aniya ko "Halata naman kasing gusto mo ako, Zed. Sino ba naman ang hindi mabibigahi sa ganda kong 'to, 'di ba? Sino ba ang hindi mahuhulog sa kyot kong mga mata at malambot kong labi."

"Wow ha," natawa si Zedrick.

"Wow talaga. Pero ang akin lang, Zed, wala pa akong time sa love-love na 'yan. Ayoko muna magmahal at ma-stressness sa pag-ibig. Gusto ko muna hanapin 'yung sarili ko simula nang nawala ito nang mahalin ko siya. Kailangan ko muna mahalin ang sarili ko dahil naubos ko ang pagmamahal ko nung minahal ko siya. Gets mo ba? O, gusto mo englishin ko pa?"

"Sinong siya?" nagtatakang tanong ni Zedrick. "Nabigo ka pa sa pag-ibig, Josefa? Lubos ka bang nasaktan kaya mas pinili mo nalang ngayon na maging single?"

"Hay, naku. Ayoko na pag-usapan yan. Changeness topicness na tayo."

"Sabihin mo na kasi."

"Ayoko. Huwag kang makulit tsinoy kundi uuwi nalang ako."

"Okay. Hindi na." inayos ni Zed ang damit niya "So, ready ka na?"

"Tara na." pag-aya ko at binuhat na yung tatlong planggana.

"Ako na magbubuhat niyan," sabi ni Zed saka kinuha sakin yung mga bitbit ko "Nasa labasan yung kotse ko. Tara na. Para makaabot pa tayo sa after party ni Kuya Zen at Ate Aila."

Nauna na si Zedrick maglakad habang nakasunod naman ako sa likuran niya.

Sobrang bait talaga sa akin ni Zedrick. Wala akong ibang masabi sa kanya. Yung pamilya niya, ang bait-bait din sa akin at halatang boto na magkatuluyan kaming dalawa. Pero hindi talaga pwede e.

Hindi pwede hindi dahil hindi ko gusto si Zedrick. Jusko. Ano bang hindi ko magugustuhan sa taong 'to? E, bukod sa ang pogi-pogi na, napakabait pa. Wala na akong mahihiling pa.

Pero kahit anong pilit kong gustuhin siya, hindi ko pa kaya. Hindi pa handa ang sarili ko at mas lalong hindi pa handa ang puso ko.

Ganon pala, 'no? Kahit sobra-sobra kung magmahal ang puso ng isang tao, kapag napagod siya, mapapagod na talaga siya. Darating 'yung puntong parang ayaw na niya magmahal. Hindi dahil napapagod na siya. Kundi dahil natatakot na siya ulit masaktan. Kasi kapag nasaktan siya, hindi na niya alam kung kaya niya pa bang indahin o tuluyan na siyang mawawasak.

Nakarating na kami ni Zedrick kung saan naka-park yung puti niyang sasakyan. Binuksan niya yung likuran ng kotse niya para ilagay yung mga bitbitin ko. Pagkatapos nun, binuksan naman niya yung pintuan kung saan ako sasakay. Napaka-gentlemanness naman talaga.

"Naks, gentlemanness talaga 'tong tsinoy na 'to."

"Siyempre, ha. Para sa'yo," sagot ni Zedrick "Kaya sagutin mo na ako."

"Bakit ano bang tanong mo?"

Napatitig si Zedrick sa akin tapos biglang natawa, "Sagutin. I mean, sagutin. Alam mo yun?"

"Hindi nga. Ano bang tanong mo?" pag-ulit ko "Paano kita sasagutin kung hindi ko naman alam ang tanong mo. Magtanong ka na para masagot na kita. Basta ba english lang tanong mo. Mahina kasi ako sa math. Nung 3rd year high school kasi ako wala ako sa top 10 ng Math."

"Pang-ilan ka?" sagot ni Zed habang umaandar na yung kotse niya.

"Pang 11. Sayang no? Hindi pa ako umabot sa Top 10."

"Ilan ba kayo sa room niyo?"

"11 lang. Ako ang last." aniya ko "Ang sabi ng teacher ko nun, hindi porket hindi raw ako nakapasok sa Top 10 ay ibigsabihin bobo na ako. Ang ibigsabihin lang daw ay mahina ako umintindi."

"Hahaha. Grabe naman yung teacher mo."

"Oo nga e. Sinumbong ko tuloy siya sa principal namin. Sabi ko sinisilip nung teacher namin 'yung panty ng isa kong kaklase," tumawa ako "Naloko ko ang principal. E, wala namang panty yung classmate ko e. Kaya ayun, natanggal sa trabaho yung teacher ko. Bwahaha."

Tawa nang tawa si Zedrick sa akin.

"Pero, balik tayo sa usapan natin. Ano ba yung tanong mo para masagot na kita?"

Umiling-iling si Zed, "Wala, Josefa. Saka ko nalang ulit itatanong kapag handa ka na."

"Okay, sabi mo e. Handa naman ako kahit anong oras. Basta ba'y english." sagot ko "Ano palang nangyari sa kasal ni Kuya Zen at Ate Aila? Marami ba pumunta?"

"Sobrang dami," aniya ni Zed "Sayang wala ka don. Hinahanap ka ni Ate Aila e."

"Oo nga e. Sayang kasi kikitain ko ngayong araw." pagsisinungaling ko.

Hindi naman sa nanghihinayang ako sa kikitain ko. Ayoko lang talaga pumunta sa kasal na yun o sa kahit na kaninong kasal ngayon dito sa probinsya. Hindi ko kasi maialis sa sarili ko yung inggit. Dapat kasi ikakasal din ako, 'di ba? E, hindi natuloy. Kaya ayun, nganga nalang.

Baka habang nanonood ako sa kasalan, mapaiyak nalang ako. Mapaiyak dahil hindi ko pala mapapakasalan yung lalaking iniibig ko dati. At baka mas lalo lang ako mapaiyak kapag na-imagineness ko siya kasama yung babaeng mahal niya. Hindi ko kakayin yun mga te.

Kahit alam kong nalimutan ko na siya at yung nararamdaman ko sa kanya, natatakot pa rin akong manood ng isang kasalan. Natatakot ako na baka sa isang iglap, bumalik lahat-lahat nung alaala naming dalawa. Yung feelingness ko sa kanya. Tiyak, hindi na naman ako titigil sa kakaiyak. Ayoko na bumalik sa iyaking Althea nang dumating ako rito sa probinsya.

Kaya laking pasasalamat ko mabilis na panahon. Sa tatlong b'wan na lumipas, masasabi kong nakalimutan ko na siya. Madali palang makalimot kapag hindi mo nakikita o naririnig yung pangalan niya. Masasabi kong isang araw, kaya ko na ulit magmahal. Kaya ko na ulit magmahal sa paraang kung paano ko siya minahal noon.

Napatingin ako kay Zedrick.

"Bakit?" nakangiti niyang tanong.

"Wala," napailing ako. "Makakaya rin kitang mahalin, Zed. Tiis ka lang." bulong ko

sa sarili ko.

Habang nag ba-byahe kami papunta sa bahay nila Zed, biglang tumunog yung cellphone ko.

Pagtingin ko kung sino ang tumatawag, nakita ko ang pangalan ni Lolo Andres.

"Hindi mo ba sasagutin?" tanong ni Zed "Baka importante yan."

Sa totoo lang, ayoko na sanang may kahit anong connectioness sa mga Falcon. Gusto ko na makalimot. Pero para malimot ko ang lahat-lahat, ibigsabihin kailangan ko rin kalimutan sila Lolo Andres at iba pa. Ang unfairness naman sa kanila kung pati sila kakalimutan ko. Kaya naguguluhan talaga ako. Hindi ko tuloy palaging sinasagot 'yung tawag ni Lolo Andres sa akin.

Huminga ako ng malalim saka sinagot yung tawag, "Hi, Lolo A!"

"ALTHEA APO!!" napasigaw si Lolo A "Mabuti naman sinagot mo na ang tawag ko. Kumusta ka na? Bakit hindi mo sinasagot yung mga tawag ko nakaraan?"

Tumingin ako kay Zed, tinanguan niya lang ako. Saka niya binaling yung tingin niya sa dinadaanan naming dalawa. Para bang sinasabi niya na 'andito lang ako sa tabi mo.'

"Busyness lang po, Lo. Alam mo naman, 'di ba? May trabaho ang magandang ako."

"Hay. Huwag ka na magtrabaho, apo. Papadalhan nalang kita ng pera."

"Ayoko, Lo. Hindi pwede," aniya ko "Kumusta pala diyan? Kumusta si Chris?" pag-iiba ko ng usapan.

"Ayos lang naman siya. Gusto mo ba siyang kausapin?"

"Huwag na po," sagot ko "Baka umiyak na naman siya ng umiyak e."

Nung huling pag-uusap kasi namin ni Lolo A nakausap ko rin si Chris. Todo makaawa sa akin si Chris na bumalik na raw ako sa mansion o kaya naman sunduin ko nalang daw siya. Miss na miss na raw niya ako. Kaya ayun, nag-iyakan kaming dalawa sa telepono. Pati si Klode nakausap ko, garalgal ang boses ng hindut na bayut. Mukhang mapapaiyak na rin.

Kaya ayoko na talaga silang nakakausap. Bukod kasi hindi ako tuluyang makalimot, naalala ko sila. Namimiss ko sila. Nangangati ako na makita silang lahat. Pero hindi maaari. Hindi na pwede.

"Josefa, andito na tayo." biglang nagsalita si Zedrick. Nasa tapat na kami ng mansion nila.

"Sino yung lalaki, apo?" tanong ni Lolo sa akin sa cellphone.

"Si Zedrick po,"

"Bakla yan, 'di ba, apo? Hindi mo yan boyfriend, 'di ba?"

Natawa ako, "Hindi ko siya boyfriend, Lo. Pero lalaki siya."

"Lalaki pero hindi mo boyfriend. E, nagpaparamdam sa'yo na gusto ka niya?"

Sinulyapan ko si Zed. Nakangiti lang siya pero naguguluhan kung bakit ako napatingin sa kanya.

"Opo, Lo." napaiwas ako ng tingin kay Zed.

"Gusto mo rin ba siya?"

"Hindi mo mahirap magustuhan," aniya ko.

"Wala na ba talagang pag-asa?"

"Lo, pleaseness, huwag na natin pag-usapan yan. Kalimutan na natin ang nakaraan," aniya ko "Huwag na natin bungkalin 'yung sugat na hilom na. Pwede po ba?"

"Hay, sige, apo."

"Hindi maganda kung ipipilit pa natin ang isang bagay na nagbigay sa atin ng labis na hinanakit," sabi ko "Okay na po ako, Lo. Nakalimot na ako. Kaya sana, ganun din po kayo."

"Huli na ba talaga ang lahat, apo?"

Bahagya akong napatahimik.

Huli na ba talaga ang lahat para sa akin?

"Opo," sagot ko "Tama na yung dati. Kaya nga po tayo nasasaktan, hindi ba, para matuto? Para sa susunod nating pagpili, alam na natin yung gagawin natin. Kaya, Lo,

ikaw, mag move-on ka na."

"Paano ako mag mu-move on kung may kaisa-isa pang tao na ayaw mag move-on?"

"Josefa, tara na?" aniya ulit ni Zed na mukhang naiinip na.

"Lo, kailangan ko na magpaalam. Andito na po kasi ako sa pupuntahan ko."

"Saan ka pumunta?"

"Sa huli kong trabaho," pagbibiro.

"Anong trabaho yan?"

"Pokpok po, Lo," natawa ako "Charot!"

"Haha. Laughtrip dizz ka talaga, apo. Sige, mag-ingat ka diyan ha. Kung may kailangan ka, magsabi ka lang. Huwag ka mahiya. Ikaw pa e malakas ka sa akin e."

"Sige po, salamat!" tapos pinatay ko na yung tawag ni Lolo Andres.

Kung may kailangan daw ako magsabi lang daw ako. Napangiti ako ng mapakla. As if naman na kaya kong gawin yun. Hindi ko na kayang humingi ng tulong kay Lolo dahil baka kung ano pa isipin nung isa kapag nalaman niya. Tama na yung nasabi niyang mukha akong pera. Awat na, no.

Bumaba na kaming dalawa ni Zed sa kotse niya pero bigla akong napahinto.

"Okay lang ba 'tong suot ko? Hindi ba nakakahiya sa bisita ni Kuya Zen at Ate Aila? Baka pagtawanan lang ako sa loob, ha. Mauupakan ko mga bisita niyo."

Umiling si Zed, "Hindi yan. Mgangilan-ngilan nalang naman ang andito. Mostly, taga taong-bayan nalang. Kasi yung mga business partners nila Papa umalis na," sabi ni Zed saka hinawakan ako sa balikat "Saka, hindi ka nila pagtatawanan dahil unang-una, walang nakakatawa sa'yo. Maganda ka, Josefa. Sobrang ganda. Pangalawa, kasama mo ako. At alam nila kung gaano ka kaimportante sakin."

"Huwag ka, Zed. Mga chinese talaga mga bolero e."

"Hindi kaya. Mga chinese stick to 1!"

"Tse! Yung napanood kong movie, chinese ang bida. Tatlo pa asawa niya. Stick to 1 ka diyan."

"Stick to 1 nga. Stick to 100," tumawa si Zed "Pero seryoso, Josefa. Huwag ka mahiya. Di ba, wala ka nun? Sabi mo pa plastic ka at snob sa personal. Edi, plastikin mo mga bisita nila Kuya tapos i-snob mo nalang yung iba. Problem solve!"

"Correctness ka diyan," aniya ko "Kakain nalang ako."

"Tama. Kumain nalang tayong dalawa."

"Bakit, hindi ka pa ba kumakain?"

Umiling si Zed saka ngumiti "Hindi pa. Hinihintay kasi kita. Gusto ko sabay tayo."

"Hinihintay mo ko? Dala ko ba yung handa dito?"

"Haha. Langya, basag trip ka talaga ng mga banat ko. Tara na nga, Josefa!"

"Let's goness!"

"Tara na at baka hindi ko mapigilan ang sarili ko't mahalikan kita dito."

"Ha, may sinasabi ka ba?"

"Wala," hinawakan ni Zed ang kamay ko "Sabi ko, huwag kang aalis sa tabi ko. Baka mawala ka."

Hinayaan ko nalang yung paghawak ni Zed sa kamay ko dahil baka nga mawala ako sa loob. Ang laki-laki kasi ng bahay nila. Alam niyo namang wala ako sense of directioness, 'di ba? Baka matulad ako doon sa mansion ng mga falcon na palagi akong naliligaw—stopness na, Althea.

Si Zed lang ang katangi-tanging tumatawag sa akin ng Josefa. Sabi niya, ayaw niya raw ng Althea dahil iyon na palagi ang tawag sa akin. Gusto niya raw maiba kaya ayun ang tinawag niya.

Arte-arte ng tsinoy na 'to. Mabuti nalang gwapo e. Kaso hindi malaki ang pwetan.

Hindi tulad ni—hala, ang daming tao sa loob.

"Lintik ka, Zedrick. Ang dami pang tao. Baka amoy isda pa ako."

Napahagikgik si Zed, "Hindi no. Gusto mo amuyin pa kita sa harap nila?"

"Subukan mo," pagbabanta ko "Kukurutin mo yang utong mong pink."

"Gusto ko yan." tawa na naman si Zed.

"Sige. Mamaya."

Ang dami pang bisita sa bakuran ng mansion nila Zed pero karamihan mga taong bayan na palagi kong ka-plastikan. Kaya hindi ako mahihiya sa kanila. Yung iba sa kanila tinawag pa pangalan ko at kumaway. Hindi ko sila pinansin dahil nga snob ako sa personal.

Lumapit kami ni Zed kay Ate Aila at Kuya Zen na nasa harapan. Ngumiti agad sila nang makita nila akong dalawa. Medyo closeness kasi ako sa kanilang dalawa dahil nga palagi akong kinukwento ni Zed sa kanila. Si Ate Aila minsan sinasama ako sa kung saan. Nakakapagod makipagplastikan sa kanya kasi ang bait-bait niya. Tapos ang ganda-ganda pa. Pero mas maganda pa rin ako, no.

"Althea! Mabuti naman nakapunta ka pa kahit gabi na!" masayang tugon sa akin ni Ate Aila.

"Oo nga, Ate e. Ito kasi si Zed, ayaw ako tigilan. Talagang sinundo pa ko sa palengke."

"Alam mo ba, Althea. Yang si utol kanina pa nakasimangot sa simbahan," sumingit naman si Kuya Zen "Atat na atat na umalis para puntahan ka. Ayaw lang pumayag nila Papa."

"Kuya naman. Binubuko ako e." pabiro pang sinuntok ni Zed ang Kuya niya sa balikat.

"Totoo naman, di ba, wife?" tanong ni Kuya Zen sa asawa niya.

"Oo, hubby. Sabi pa ni Zed kanina, kayo na raw ang sunod na ikakasal," napangisi si Ate Aila "Ano, kelan nga ba? Baka pwede na natin i-set yan?"

"Itong si Josefa lang inaantay ko. Tagal e," ngumiti si Zed "Pero willing ako maghintay."

"Tigilan niyo ko family Go," aniya ko "Nagugutom ako sa inyo."

Nagtawanan lang silang tatlo sa akin. Tapos nun, hinayaan na nila ako kumain.

Si Zed sinamahan ako para kumuha ng pagkain sa may gilid. Kaya pinagsusuntok ko siya sa tiyan niya. Kung anu-ano kasi pinagsasabi niya kila Ate Aila at Kuya Zen.

"Aray ko naman," pag angal niya "Para saan yun?"

"Para yan sa mga pinagsasabi mo kila Ate Aila at Kuya mo!"

"Bakit? Anong masama doon?" aniya niya "E, totoo naman yun. Ikaw gusto ko pakasalan e."

Napatahimik ako nang mapatingin ako kay Zed. Seryosong-seryoso yung mga mata niya habang sinasabi niyang gusto niya ako pakasalan. Yung mga mata ni Zed ay parang yung mga mata niya noong mga bata palang kaming dalawa at sinasabi niyang ako ang gusto niya pakasalan.

Bigla ako napatahimik nang maalala ko yung memoriesness namin na yun. Masakit pa rin talaga ang isang bagay kahit matagal mo na itong kinalimutan at nangyari.

"Bakit natahimik ka diyan?" nag-aalalang tanong ni Zed "May masama ba akong nasabi?"

Umiling ako saka ngumiti, "Wala," sabi ko "Naalala ko lang siya."

"Sino ba kasing siya?"

"Yung lalaking nangako sa akin na ibibigay sa akin ang lahat pero puro hinanakit lang ang binigay." malungkot akong ngumiti "Nang dahil sa kanya, ayoko na magmahal."

Magsasalita pa sana si Zed pero napatigil siya at napatingin kami parehas nang magsalita yung MC. Sinabi nung MC na ipapakita raw ngayon yung video clip nung nangyaring kasal kanina para sa mga hindi pa nakakanood. Ayoko sanang tignan pero huli na ang lahat. Bumukas na yung malaking TV na nasa harapan at tumugtog na yung wedding song ng kasalan kanina.

Kitang-kita ko yung paglalakad ni Ate Aila patungong altar habang nakasuot siya ng magarbong gown. Kitang-kita ko rin yung tingin ni Kuya Zen kay Ate Aila habang hinihintay niya ito papunta sa kanya. Umiiyak si Kuya Zen habang titig na titig sa asawa niya. Alam mo talagang mahal na mahal niya ito at wala siyang pagsisising si Ate Aila ang pinakasalan niya.

Habang nanonood ako, bumalik sa akin yung alaala naming dalawa.

"Thea, papakasalan kita. Ikaw lang ang gusto ko kasama bumuo ng sarili nating pamilya."

Hindi ko na namalayan na tumutulo na pala yung mga luha ko. Naramdaman ko nalang na

hinawakan ni Zed ang kamay ko at saka niya ako yinakap ng mahigpit.

"Sige, iiyak mo lang yan," malumanay niyang sabi sa akin "Andito lang ako. Hindi kita iiwan."

"Thea, hindi kita iiwan. Paglaki natin, susunduin kita."

Dahan-dahan kong yinakap si Zed saka ako umiyak nang umiyak sa dibdib niya.

Nasa ganun kaming posisyon nang sampalin ako ng realidad.

Kahit tatlong b'wan na ang lumilipas. Kahit limot ko na yung feelings ko sa kanya, kapag naaalala ko yung mga pangako niyang hindi natupad, masakit pa rin pala. Sobrang sakit pa rin pala.

Hindi ko na 'to kaya mga te.

Gusto ko na talaga makalimot.

==========

Chapter 52

Enjoy! Huwag kalimutang mag komento! :)

THAT PROMDI GIRLwritten by owwSIC

Chapter 52.

Pagkatapos kong umiyak kanina sa dibdib ni Zedrick, dinala niya ako sa balcony ng kuwarto niya. Dito kami palaging tumatambay dalawa kapag pumupunta ako rito sa mansion nila. Medyo tahimik dito. Hindi naririnig yung ingay mula sa after party ng kasal nung dalawa. Ang ganda rin ng view dito sa balcony ng kuwarto ni Zed. Natatanaw kasi yung buong baryo namin. Pero siyempre, mas maganda pa rin ako. Wala kayang tatalo sa ganda ko. Hello? Diyosa ng mga suman 'to, no.

Hindi ko alam kung ilang minuto na kami andito ni Zed. Tahimik lang kasi kaming parehas. Hindi ako tinanong ni Zed kanina kung bakit ako umiyak. Marahil, gusto niya ako bigyan ng privacyness. Iniisip niya siguro na masyadong personalness iyung dahilan nang pag-iyak ko kaya hindi na siya nagtanong. O, baka naman iniisip niya na may sayad ako?

"Ang ganda ng buwan," sabi ko sa sarili ko habang nakatingin sa maliwanag na buwan na nasa madalim na kalangitan "Zed, ang ganda ng buwan, no?"

"Oo, ang ganda nga." sagot naman ni Zed kaya bigla akong napatingin sa kanya.

Pagtingin ko, nahuli ko siyang titig na titig sa akin habang nakangiti.

"Hindi ka naman sa buwan nakatingin e. Paano mo nasabing maganda?"

"Hindi naman iyung buwan ang sinasabi kong maganda e."

"E, ano pala?"

"Hindi ano," nananatili pa rin siyang nakangiti "Kundi ikaw."

"He! Iyan ka na naman sa mga bola mo," aniya ko "Hindi mo ako madadaan sa mga bola mo. Matagal ko nang alam na maganda ako. Grade 1 palang ako, alam ko ng prettyness ako."

Pailing-iling na natawa si Zed habang hinuhubad niya yung suot niyang suit. Inabot niya 'to sa akin.

"Suot mo," sabi niya "Ang lamig dito. Baka magkasakit ka."

"Huwag kang mag-alala, malakas ang resistensya ko," sagot ko "Sa sobrang lakas nga, hindi ko na nabilang kung ilang beses akong sinaktan. Wala kasing pakialam yung taong nanakit sa feelings ko."

"Pwes, ako may pakialam sa'yo at sa feelings mo," nag seryoso si Zed "Isuot mo na."

Kapag nag seseryoso si Zed, wala ka ng ibang pagpipilian kundi sundin yung sinasabi niya. Hindi ka kasi mananalo sa kakulitan niya e. Kaya para matapos na, sundin mo nalang siya. Ganyan kakulit yang tsinoy na yan. Mabuti nalang, hindi niya pinipilit yung sarili niya sa akin. Baka kasi makulitan ako ng hard sa kanya at wala na akong ibang choiceness kundi tanggapin siya at maging kami. Chos!

Napangiti si Zedrick nang kunin ko yung suit niya at isuot ito sa sarili ko. Binigyan ko nalang siya ng isang matipid na ngiti kasi nga hindi pwedeng malaking ngiti ang ibigay ko dahil matipid akong tao at maganda pa tapos snob pa sa personal

at plastic pero mapagmahal naman ako.

Muli kaming nanahimik dalawa habang nakatingala sa kalangitan.

"Sana may bumagsak na bulalakaw, no?" aniya ko "Para makapag-wishness naman ako."

"Bakit? Ano bang hihilingin mo kung sakali?"

"Hihilingin ko na sana. . .sana makalimutan ko na talaga siya," malungkot akong ngumiti "Para naman kaya ko nang magmahal ulit. Para kaya ko na ulit buksan yung puso ko."

"Nice. Ang ganda nung wish mo. Sana nga may bumagsak na bulalakaw. Para makapag-wish din ako na sana tuparin nung bulalakaw yung wish mo."

"Hindi pwede yang wish mo. Dapat may iba kang wish."

"Wala akong maisip na ibang wish e." sagot ni Zed.

"Meron yan. Yung para sa sarili mo." pamimilit ko.

"Wala talaga, Josefa," tugon ni Zed "Hindi ko na kailangan ng kahit ano."

"Bakit naman?" kunot kong tanong sa kanya.

"Kasi dumating ka na sa buhay ko," nahihiyang ngumiti si Zedrick "Ikaw lang ang kailangan ko ngayon kaya kung may mahulog man na bulalakaw, ang hihilingin ko nalang ay tuparin niya yung wish mo. Para naman mabigyan mo na ako ng chance."

Napakamot si Zed sa batok niya, "Nakakahiya 'tong mga pinagsasabi ko, no?"

Ngumiti ako sa kanya saka umiling, "Hindi naman. Nakaka-touchness nga e."

Tumango si Zed saka muling tumingin sa langit, "Alam mo, Josefa? Bago kita makilala, I was a broken hearted man. May girlfriend ako noon at mahal na mahal ko siya. Pero ayaw sa akin nung pamilya niya dahil may dugong chinese raw ako. Ang weird nga e. Ano kayang kinalaman ng dugo ko sa pagmamahalan naming dalawa?" malungkot na ngumiti si Zed. "I thought, wala siyang pakialam sa mga sinasabi ng pamilya niya about sa akin. I thought, yung pagmamahal niya sa akin ay parang pagmamahal ko sa kanya. Yung tipong sobra-sobra."

Nakikinig lang ako sa kwento ni Zed. Hindi siya tumitingin sa akin. Siguro, ayaw niyang makita ko kung gaano kalungkot yung mga mata niya o kung gaano siya kalungkot habang nagsasalita. Ngayon ko lang siya nakitang ganito na ang lungkot-

lungkot. Palagi kasi siyang nakangiti kapag nakikita ko. Palagi siyang nakatawa kapag nakikipag-usap sa ibang tao. Pero ganon talaga siguro. Kung sino pa yung mga taong palaging nakangiti at nakatawa, sila pa ang pinakamalungkot sa lahat.

"Pero iniwan niya lang ako nang basta-basta," pagpapatuloy ni Zed "Nakipaghiwalay nalang siya bigla-bigla sa akin. Hindi man lang niya ako binigyan ng reason kung bakit."

"Sana pinaglaban mo siya," sabi ko.

Tumingin sa akin si Zed, "Sana nga ganon lang kadali e." aniya niya "Pero, wala e. Nagpakasal nalang siya bigla sa lalaking gusto ng parents niya para sa kanya. I didn't understand how I could mean something to someone one day and then nothing the next. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan pang mawala ng pinakaimportanteng tao sa tabi natin."

Walangyang Zedrick 'to. Nakikinig na nga ako sa kuwento niya pero nagawa pa akong murahin.

"Kaya nung nakilala kita, gusto mo nang mamatay?"

Natawa si Zed saka siya tumango, "Oo. Binalak ko talaga na mamatay nun. Pero nung nakita kita na nalulunod din? Naisip ko bigla na kung parehas tayong mamatay, baka awayin mo ako sa langit," tawa ng tawa si Zed "Nakita ko kung paano ka lumangoy papunta sa akin para lang mailigtas ako."

"Hindi naman kita naligtas nun," napasimangot ako "Bago pa ako makarating sa'yo, nalulunod na rin ako e. Bwisit kasing mga alon yan, sabay-sabay pumunta sa akin. Dapat isa-isa lang e."

"It all thanks to you, though," tugon niya "Nung nalulunod ka na, naisip ko rin na bakit ko kailangan sayangin yung buhay ko kung may taong handang i-risk yung buhay niya para sa akin. Nang dahil sa'yo, Josefa, buhay ako ngayon. Kung hindi mo ako sinubukan iligtas dati, malamang wala na ako. Kaya tinatak ko sa puso't isip ko nun na kahit anong mangyari, utang ko sa'yo 'tong buhay ko."

"Hindi mo naman kailangan gawin yan. Wala naman akong naitulong."

"Akala mo lang pero meron, Josefa. May mga mabubuting bagay ka na nagagawa na hindi mo lang napapansin," ngumiti na naman si Zed "Nung nagising ka nun, sinermonan mo ako, 'di ba? Tanda mo pa ba yung sinabi mo sa akin? Ako kasi hindi ko yun malilimutan kahit kailan."

Napaisip naman ako sa sinabi niya. Hindi ko na matandaan kung anong ka-plastikan ba yung sinabi ko sa kanya nung nagising ako at mukha niya ang nakita ko. Ang tangi ko lang alam ay sinermonan ko siya at galit na galit ako sa kanya dahil hindi ako nakapangisda nung araw na yun kaya wala akong benta. Bwisit. Naaalala ko na naman kaya naiirita ako.

"Hindi ko na maalala," aniya ko "Sa sobrang dami ko kasing words of wisdom, hindi ko na matandaan. Mabilis akong makalimot e. Sa pagmamahal lang hindi."

"Sabi mo sa akin nun "Kung gusto mong magpakamatay, doon ka sa malayo. Doon sa walang taong mapupurwisyo. Pero sana bago ka magpakamatay, isipin mo muna yung mga taong nalalabi nalang ang oras sa mundo at gusto pa mabuhay. Bago mo patayin yang sarili mo, isipin mo muna kung ano ang mararamdaman ng mga magulang mo. Kung may problema ka, harapin mo. Hindi yung tatakasan mo. Peste ka. Pati hanapbuhay ko, ginulo mo. Sarap mong tadjakan sa lungs!""

Tawa na naman ng tawa si Zed, "Galit na galit ka sa akin nun,"

"E, totoo naman kasi. Wala akong kita nung araw na yun dahil sa'yo. Tumigil ka nga sa kakatawa! Yang mata mo lalong sumisingkit. Tsinoy na 'to. Naiinis ako sa tawa mo!"

Napatigil si Zed sa pagtawa, "Bakit ka naman naiinis?"

"Para kasing made in china yang tawa mo. Parang fake."

"Aww. Grabe ka naman sa aming mga chinese. Totoo kaya 'tong tawa ko," tugon niya "Pero alam mo kung ano ang mas totoo sa lahat?"

"Ano?"

"Ang pagkagusto ko sa'yo," tumitig si Zed sa mga mata ko "Josefa, gustong-gusto talaga kita. Nung sermonan mo ako dati, naisip ko na wala akong pakialam kahit ikaw ang makatuluyan ko. Naisip ko rin na kaya siguro hindi kami ang nagkatuluyan ng ex-girlfriend ko dati, kasi naka-destined ako para sa'yo. Na kaya hindi nag work out yung relationship ko dati, dahil may darating na better. At ikaw yun, Josefa. You're better for me."

"Zed..."

"Alam ko," naging malumanay yung boses ni Zed "Hindi ko naman pinipilit e. Sinasabi ko lang. Saka sabi ko naman maghihintay ako, 'di ba? Maghihintay ako kung kailan kaya mo na ulit magmahal."

Napaiwas ako ng tingin kay Zed. Nagi-guilty kasi ako. Nagi-guilty ako na hindi ko pa kayang suklian yung nararamdaman sa akin ni Zed dahil sa nangyari sa akin dati. Nagi-guilty ako na palaging nandiyan si Zed sa akin pero hindi ko pa siya kayang magustuhan tulad nang pagkagusto niya sa akin. Nagi-guilty ako na alam kong totoo 'tong sinasabi sa akin ni Zed pero 'tong puso ko ayaw maniwala dahil ayaw niya na ulit masaktan.

Nakakatakot pala talagang masaktan nang sobra-sobra ang puso ng isang tao. Hindi niya kasi alam kung kaya niya pa bang magmahal ulit o hindi na niya gusto pang magmahal ulit.

Muli kaming natahimik ni Zed. Nang magsalita ako, napatingin siya sa akin. Pero hindi ako tumingin sa kanya. Baka kasi bigla-bigla kaming magkaroon ng pagtingin sa isa't isa. Focusness lang ako sa pag-alala sa mga panahon na palagi akong wasak at luhaan.

"Nagmahal ako noon ng isang lalaking akala ko magiging akin. Binuhos ko lahat ng pagmamahal ko sa kanya. Mas minahal ko pa nga siya kaysa sa sarili ko. Naging tanga ako pagdating sa kanya. Nag bulag-bulagan at nag manhid-manhidan kahit paulit-ulit na niya akong sinasaktan. Naging bingi sa mga masasakit na salitang binato niya sa akin. Lahat ng iyon tiniis ko. Umaasa kasi ako. Umaasang isang araw, pagkatapos niya akong saktan, maiisip niyang ako pala ang mahal niya."

Nakikinig lang si Zed sa akin. Aba, dapat lang, ang ganda kaya ng kwento ko. Kwento ng isang bobitang prettyness na nagpakatanga sa pag-ibig,

"Kapag nagmahal ka kasi, kahit ayaw mo, aasa ka talaga. Aasa ka sa isang bagay na imposible naman na mangyari. Wala e. Lulong ka sa pagmamahal sa kanya. Kaya akala mo, lahat ng imposible, ay posible. Including yung mahalin ka rin niya pabalik gaya ng pagmamahal mo sa kanya. Ilang beses ba akong nagtiis? Ilang beses akong nagpakatanga? Hindi ko na mabilang. Hindi mo kasi bibilangin yung mga bagay na ilang ulit mong ginawa nang dahil sa lecheng pagmamahal. Tapos nagising nalang ako isang araw na. . .na wasak na wasak na ako nang dahil sa kanya. Nang dahil sa pagmamahal ko sa kanya."

Nanginginig na yung boses ko kaya huminto ako saglit para pakalmahin yung sarili.

"Sabi nila, yung unang pag-ibig daw ang pinakamasakit sa lahat. Tama nga sila. Ang unang pag-ibig kasi ang pinaka-tang'na shit dizz sa lahat. Sa unang pag-ibig ka pinakamasasaktan. Sa unang pag-ibig ka pinakamagiging tanga. Sa unang pag-ibig mo ibibigay lahat ng kung anong meron ka pati ang buong sarili mo. Sa unang pag-ibig mo mararanasan kung paano mawasak ang sarili mo. Kapag unang pag-ibig kasi, handa kang sumugal. Handa kang ipusta ang lahat. Sa unang pag-ibig ka kasi aasa na. . .na magkakaroon ka ng happy ending. Pero bwisit na yan. Hindi nga pala ako isang prinsesa. At mas lalong hindi ito isang fairy tale. Kaya, malamang, hindi sa unang pag-ibig mo makukuha ang happy ending."

Naramdaman kong papatulo na naman yung luha ko kaya mabilis akong tumingala para pigilan ito. Naramdaman ko ring hinawakan ni Zed ang balikat ko. Tinanungan ko lang siya.

"Pero dahil unang pag-ibig mo yun, hindi yun magiging happy. More iyak more fun iyon. Sa unang pag-ibig ka kasi matututo. Doon mo mare-realized na hindi lahat ng una ay masaya. Hindi lahat ng una ay masarap alalahanin. Hindi lahat ng una ay. . .ay memorable. Sa unang pag-ibig mo mapapatunayan na kahit gaano mo kamahal ang isang tao, kahit gaano mo ibuhos ang pagmamahal mo sa kanya, at kahit ibigay mo pa ang lahat-lahat pati ang sarili mo, kung hindi ka niya kayang mahalin. Hindi talaga. At hindi niya iiwan yung taong totoo niyang mahal para lamang sa'yo."

"Josefa, tama na. Umiiyak ka na naman." hinawakan ni Zed ang kamay ko saka ito pinisil.

Kahit pinapatigil ako ni Zed, hindi ako tumigil. Tinuloy ko ang pag ku-kwento nung unang pag-ibig ko para kay Elton. Sa pagbanggit ko palang ng pangalan ni Elton, kumirot na ang puso ko. Hindi ko inaakalang dadating ang puntong maisipko lang ang pangalan ni Elton, sumasakit pa rin ang dibdib ko. Masyadong grabeng sakit pala ang nakuha ko kay Elton.

"Kapag nabigo ka sa una mong pag-ibig, maiisip mong ayaw mo nang magmahal ulit. Sobra-sobra kasing sakit yung nakuha mo. Ilang araw o buwan kang iiyak dahil sa pagkabigo mo. Darating yung oras na pati buong katawan mo sumasakit sa tuwing maiisip mo lang yung taong minahal mo ng sobra-sobra. Walang katapusang kirot ang mararamdaman mo. Itatanong mo tuloy sa sarili mo kung bakit ka nasasaktan nang ganon 'e nagmahal ka lang naman."

Pinunasan ni Zed yung luha ko. Kitang-kita ko na nasasaktan din siya habang nakatingin sa akin.

"Ssshh, Josefa. Tama na. Huwag ka na umiyak." pagpapatahan niya sa akin "Hindi mo na kailangan mag kwento. Kung nasasaktan ka pa rin ngayon, hindi na ako magtatanong."

"Nang dahil sa kanya at sa pag-ibig ko sa kanya. . .hindi ko na alam kung makakaya ko pa bang magmahal ulit o makakaya ko pa bang sumugal sa pag-ibig. Masyado kasing nakaka-traumatized yung nangyaring pagkawasak sa sarili ko. Ayoko na yun maramdaman, Zed. Ayoko na ulit bumalik sa ilang gabi akong umiiyak at pilit tinatawag ang pangalan niya kahit alam ko namang hindi siya darating para lang patahanin ako. Zed, ayoko na." napailing-iling ako "Ayoko na magmahal."

Napapikit ako habang tumutulo yung mga luha ko. Mas humigpit yung paghawak ni Zed sa magkabila kong kamay. Pinaparamdam niya sa akin na andito lang siya sa tabi ko at hindi niya ako iiwan kahit umiiyak ako. Si Zed ang nasa tabi ko ngayon pero si Elton ang naiisip ko.

Si Elton ang tumatakbo sa isipan ko ngayon. Kung ano ba ang ginagawa niya sa mga oras na 'to. Kung tumatawa ba siya. Kung masaya ba siya. Kung naiisip niya rin ba ako. At sa bawat pagbanggit ko sa pangalan ni Elton, damang-dama ko pa rin yung pagkadurog ng puso ko.

Nakakatawa lang talaga dahil ilang ulit na akong nasaktan ni Elton pero hanggang ngayon, hindi pa rin tinitigilan ng isip at puso ko ang pag-alala sa kanya.

Ayoko na. Ayoko na talaga ng ganito. Gusto ko na siyang makalimutan.

Nung natapos akong mag drama kay Zed, nagpahatid ako sa kanya. Sinabi ko kasing maaga pa ako gigising para gumawa ng pande-suman at maglalako pa ako sa buong

probinsya. Nagpaalam ako kila Ate Aila at Kuya Zen na uuwi na ako. Sinabi ko rin na walang forever at maghihiwalay din sila. Tawa lang ang sinagot nila sa akin. Akala siguro nila nagbibiro ako. Hindi kaya. Totoo kaya yun.

Huminto na yung sasakyan ni Zed sa harap ng bahay namin ni Lolo Philip—na bahay ko nalang ngayon kasi nga nag-iisa nalang ako sa buhay.

Lumabas si Zed ng kotse para pagbuksan ako. Gentleman talaga forevs. Kaso, hindi matambok ang pwetan e. Hindi tulad ni—masyado na palang malalim ang gabi.

"Salamat sa paghatid," aniya ko kay Zed nang ipasok niya sa loob yung mga planggana ko.

Ngumiti si Zed, "Walang anuman."

Hinatid ko si Zed sa labasan "Kitakits sa palengke bukas."

"Yeah. . kitakits," titig na titig na naman si Zed sa akin.

"Bakit ka ganyan makatingin?"

Umiling siya, "Wala naman. Naisip ko lang na mas maganda ka pala kapag umiiyak ka."

"Ay ganon? Kaya pala palagi niya akong sinasaktan at pinapaiyak dati? Kasi gandang-ganda siya sa akin? Hay, nako. Kakaiba talaga 'tong ganda ko." pagbibiro ko.

"May tanong ako, Josefa."

"Ano yun?"

"Mahal mo pa ba siya?"

Napatigil ako sa tanong ni Zed. Hindi ako handa sa tanong niya. Pero seryoso si Zed sa tanong niya kaya kailangan ko siyang sagutin.

"Mahalaga pa ba yon?" aniya ko "Ang importante, hindi niya ako minahal, 'di ba?"

"Paano kung minahal ka rin pala niya?"

Napailing ako, "Hindi niya ako minahal, Zed," tugon ko "Hindi mo winawasak ang taong mahal mo."

Kinurot ni Zed ang pisngi ko, "Ang dami mong hugot."

"Nasaktan kasi," parehas kaming tumawa.

Tumalikod na si Zed at dumiretso sa kotse niya. Bago pa siya umalis kumaway pa siya sa akin. Nung tuluyan nang mawala sa paningin ko yung sasakyan niya, pumasok na rin ako sa loob ng bahay ko. Hanggang ngayon, ramdam na ramdam ko pa rin yung malambot na kamay ni Zed sa kamay ko. Hindi ko alam sa sarili ko kung bakit ako napangiti bigla. Ay alam ko pala. Malandi kasi ako. Chos!

Inayos ko muna yung mga planggana bago ako pumunta sa kuwarto ko. Pagharap ko sa salamin, nakita kong suot-suot ko pa rin 'tong suit ni Zed. Kaya pala pakiramdam ko, naaamoy ko pa rin yung pabango ni Zedrick. Yun pala, naiwan niya sa akin 'tong suit niya.

Magkano ko kaya 'to mabebenta? Charot!

Isasampay ko na sana yung suit ni Zed nang makarinig ako nang kumakatok mula sa kahoy kong pintuan. Paulit-ulit yung katok.

"Sandali! Huwag mong sirain yung pinto ko leche!" sigaw ko.

Siguro si Zedrick 'to. Naalala niya sigurong naiwan niya yung suit niya. Binalikan niya kasi natatakot siyang ibebenta ko 'to. Nakaraan kasi ninakaw ko 'yung relo niyang gold. Haha charot lang ulit.

"Ikaw ba yan, Zed?" tanong ko habang papalapit sa pintuan. "Naiwan mo yung suit—"

Napatigil ako sa sinasabi ko nang makita ko kung sino 'tong nasa may pintuan. Hindi ko inaakalang sa lahat ng taong posible kong makita ngayon, siya pa ang makikita ko. Hindi ko alam kung ano ba dapat ang maramdam ko ngayon. Dahil sa taong buwan na lumipas, siya yung taong pilit kong kinakalimutan. Kaya hindi ko alam kung ano ang pakay niya ngayon.

"Anong ginagawa mo dito?" seryoso kong tanong sa kanya.

"Althea," malumanay yung boses niya. Para bang punong-puno ng kalungkutan.

"Huwag mo 'kong ma-Althea-Althea, Elton!" sigaw ko "Tinatanong kita. Anong ginagawa mo dito? Kung bibili ka ng pande-suman ko, wala pa. Hindi pa ako nagmamasa! Goodbyeness!"

Sinarado ko 'yung pintuan saka ito ni-lock.

"Althea! Please! Mag-usap tayo!" pagtawag sa akin ni Elton habang patuloy na

kumakatok.

Hindi ako umaalis sa likuran ng pintuan. Pinapakiramdaman ko lang ang sarili ko. Totoo ba 'to? Si Elton ba 'tong andito sa likuran ng pintuan na 'to? As in si Elton bhe na matambok ang pwetan? As in si Elton Alexander Guevarra Falcon? Siya ba talaga 'to? Yung paasa?

Yung. . .yung unang pag-ibig ko?

"Althea, please, mag-usap tayo." pagsusumamo ni Elton.

"Wala tayong dapat pag-usapan. Makakaalis ka na!" sigaw ko.

"Meron. Marami tayong dapat pag-usapan," tugon ni Elton. Shitness na yan. "Marami akong dapat sabihin sa'yo. Marami akong gustong ipaliwanag sa'yo."

"Tulad ng ano hinayupak ka?"

"Nami-miss ka na ng lahat ng tao sa mansion," malungkot niyang sambit "Si Chris, palagi kang tinatanong kung kailan ka ba babalik. Si Klode ang nag-aalaga kila Dudong at Dudang. Si Klyde, nung umuwi nakaraan, sabog yung mukha. Nakipagsuntukan daw siya dahil binastos yung girlfriend niya. Si Lolo, palaging sinasabi na gusto ka niyang makita. Gusto niya na raw ulit ma-laughtrip dizz. Si Nicca, umiyak nang malaman na may girlfriend na si Klyde. Tapos ako. . ."

"Tapos, ano, ikaw?" napahawak ako sa dibdib ko dahil kumirot na naman ito.

Miss na miss ko na yung mga tao sa mansion.

"Tapos ako. . .miss na miss na kita," napahawak ako sa bibig ko dahil sa sinabi ni Elton. "Althea, bumalik ka na sa amin. Bumalik ka na sa buhay ko. Hindi ako sanay na wala ka e. Hindi ako sanay na wala ka sa buhay ko. Sabihin mo lang kung anong kailangan kong gawin para bumalik ka. Gagawin ko lahat. Kasi, Althea, mula nang mawala ka sa akin, doon ko na-realized kung ano ba talaga ang nararamdaman ko sa'yo. Althea, mahal kita. Mahal na mahal."

Padabog kong binuksan yung pintuan kaya nagulat si Elton. Galit ko siyang tinignan. Nagagalit na naman ako sa kanya dahil sa mga pinagsasabi niya.

"Ano kamo, Elton? Miss na miss mo na ako? Bumalik na kamo ako sa'yo? Mahal na mahal mo kamo ako? Hindi mo ba alam na ang unfair ng mga pinagsasabi mo?" mapakla akong natawa "Elton, ang unfair mo e. Ikaw 'yung nagtulak sa akin palayo kasi sinabi mong hindi mo ako mahal. Hindi mo ako kayang mahalin. Tapos, after 3 months, andito ka ngayon sa harapan ko at sinasabi mong mahal mo na ako at gusto mo akong bumalik sa'yo? No, Elton. Please. Huwag mong sabihin 'yan. Huwag na huwag kasi hindi mo alam kung gaano ko binaba at pinagmukhang basura ang sarili ko kakahabol sa'yo. No, Elton. Ang unfair mo lang!"

Napayuko si Elton. Para siyang bata ngayon sa harapan ko. Saka siya tumingin ng diretso sa mga mata ko. Nakita ko yung mga mata niya. Para siyang luluha. Para siyang nawawasak nang dahil sa mga sinabi ko sa kanya. Pero, wala akong pakialam. Dahil nung winasak niya ako noon, wala rin siyang pakialam. Hindi niya ako madadala sa ganyan niya. Ayoko na.

"Naiintindihan ko," pagsasalita ni Elton. Nanginginig yung boses niya "Naiintindihan ko na nasaktan kita. Naiintindihan ko na ilang beses kitang napaiyak at nasaktan. Naiintindihan ko na ilang beses ko sinabi sa'yo na gusto kita pero 'di ko siya kayang iwan. Naiintindihan ko na ilang beses mo sinabi sa akin na mahal mo ako, pero wala akong ginawa para suklian iyon. Naiintindihan ko na pinagmukha kitang tanga, hinusgahan, at ilang beses ko sa'yong pinamukha na hindi ko siya iiwan para lang sa'yo. Naiintindihan ko na galit na galit ka ngayon sa akin dahil sa mga ginawa ko. Pero, Althea, sana intindihin mo rin ako. Sana maintindihan mo rin na gulong-gulo lang ako sa mga oras na iyon. Hindi ko na kasi alam ang gagawin ko. Hindi ko na talaga alam kasi kahit anong gawin ko, may masasaktan ako. May nasasaktan ako."

"Kaya mas pinili mong ako nalang ang saktan kaysa siya ang masaktan?" napayuko si Elton "Elton, sa totoo lang, wala kang naiintindihan. Huwag mo sabihin na naiintindihan mo ako dahil hindi naman talaga. Hindi mo naiintindihan na ilang beses kong tinatawag ang pangalan mo habang nagmamakaawa sa sarili ko na sana. . . sana huminto na 'yung pagmamahal ko sa'yo. Hindi mo naiintindihan yung pakiramdam ko na gumigising ako sa umaga at ikaw agad yung naiisip ko at kung paano mo ako sinaktan. Hindi mo naiintindihan yung moment na gusto ko nang makalimot dahil ang sakit-sakit na pero hindi mo magawa."

Akala ko ubos na yung luha ko kanina habang magkausap kami ni Zedrick pero hindi pa rin pala. Kasi ngayon, habang kaharap ko si Elton, umiiyak na naman ako. Umiiyak na naman ako nang dahil sa kanya. Palagi nalang talaga akong lumuluha nang dahil kay Elton.

"Hindi mo naiintindihan yung pakiramdam na gusto ko nang matapos yung paghihirap ko pero hindi ko alam kung paano. Ngayon, Elton, tatanungin kita. Naiintindihan mo kamo ako? Hindi, Elton. Wala kang naiintindihan sa akin. Dahil kahit kailan, hindi mo ako sinubukang intindihin. Ang tangi mo lang alam ay husgahan ako, saktan, at higit sa lahat, ipamukha sa akin na hindi ako nababagay sa'yo. Kaya huwag mo sasabihin na naiintindihan mo ako. Dahil kung nababasa mo lang ang laman ng isipan ko at kung nakikita mo lang ngayon kung gaano kadurog ang puso ko nang dahil sa'yo," tinignan ko siya ng straightness sa mga mata. "Maaawa ka lang sa kalagayan ko."

"HOY! MGA LECHE KAYO! KUNG AYAW NIYONG MATULOG, MAGPATULOG KAYO!" biglang may sumigaw mula sa kapitbahay ko "ANG IINGAY NIYO! MGA ULOL!"

"ULOL KA RIN! WALA KANG FREE PANDE-SUMAN BUKAS!" sigaw ko pabalik. Saka ko ulit tinignan si Elton na ngayon ay umiiyak na rin habang nakatingin sa akin. "Huwag mo kong iyakan, Elton. Hindi pa ako patay. Umuwi ka na sa manila. Kasi, kahit umiyak ka pa ng dugo ngayon, hindi na ako babalik sa'yo. Hindi na, Elton. Hinding-hindi na."

"Althea. . ."

"Althea mo mukha mo. Gago!" huli kong sinabi saka ko padabog na sinarado ang pintuan.

Ayoko na, Elton. Ayoko na talaga forevs.

***Sa mga tiga DAVAO, magkita-kita tayo sa Regency Inn sa December 12 at 2pm. Wattpad Davao Official Meet up! Kasama ko ang ilang authors. Like Beeyotch, Seeyara, Ilurvbooks, Greenwriter and etc. May ticket po para makapasok. Free food and freebies na iyon! Pwedeng doon nalang kayo mismo sa event magbayad ng ticket or contact Yui Jean sa facebook! See you! :)

==========

Chapter 53

Hello! Salamat sa paghihintay. Nagkasakit kasi ako kaya medyo tumagal ang update. Comment niyo lang magaling na 'ko. Bwahaha!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 53.

Bakit ganito kalupit maglaro ang tadhana? Bakit kung kailan mo pilit kinakalimutan nang paunti-unti iyong mga masasakit mong napagdaanan at pilit nililimot iyong taong lubos na nagbigay sa'yo ng labis na hinanakit, saka mo naman ulit siya makikita? Bakit kung kailan paunti-unti mo na natatanggap sa sarili mo ang realidad at paunti-unti mo na ulit naaayos ang sarili mo, saka naman ulit babalik ang multo ng kahapon para muli kang guluhin?

Okay na ako e. Alam niyo 'yun? Okay na ako sa buhay ko ngayon. Paunti-unti ko nang nakakaya na mabuhay na wala siya e. Sa tatlong b'wan na lumipas, pinilit kong makalimot. Pinilit kong kalimutan iyong mga masasakit na nangyari. Pinilit kong kalimutan iyong mga masasakit na napagdaanan ko sa kanya. Yung bawat luha at hinagpis ko nang dahil sa kanya. Yung bawat pag amin ko sa kanya na mahal ko siya

pero puro pagwasak lang sa puso ko ang ginawa niya.

Hindi madaling pagkalimot iyong ginawa ko sa tatlong b'wan na lumipas. Hindi biro iyong ilang linggo akong umiiyak at nagmamakaawa sa sarili ko na tama na ang pag-iisip kay Elton dahil kahit kailan, hinding-hindi niya ako matatanggap. Hindi biro yung ilang gabi ko siyang mapapaginipan na masaya siya sa piling ng iba habang ako'y nag-iisa lang sa buhay at wala nang karamay.

Hindi biro yung nakikita ka ng mga tao sa paligid mo na nakangiti pero iyung puso mo naman ay durog na durog. Hindi madaling ipaliwanag sa kanila sa tuwing mapapansin nilang matutulala ako at itatanong nila sa akin kung anong mali gayung wala na akong nakikitang tama.

Mula kasi nang minahal ko siya, hindi ko na alam ang tama sa mali. Ang nakakabuti sa nakakasama sa akin. Akala ko kasi iyong pagmamahal ko sa kanya ay palaging tama. Nakalimutan kong isipin na sa bawat sobrang ginagawa ng isang tao ay palaging may kaakibat na mali. At iyun ang mali ko, minahal ko siya sa paraang hindi siya nararapat.

Tapos ngayon, kung kailan nakakaya ko na talaga mag-isa, saka naman siya susulpot dito sa harapan ko at sasabihing mahal niya ako? Joke ba siya? Kasi kung joke siya, siya iyong joke na nakakabadtrip. Kung kailan natanggap ko na sa sarili ko na hinding-hindi ko siya maaangkin nang buong-buo, saka naman siya muling manggugulo sa buhay ko na para bang walang nangyari? Anong tingin niya sa akin? Tingin niya madadaan niya ako sa paliwanag?

Akala niya ba na kapag nagpaliwanag siya'y papatawarin ko agad siya at iwe-welcome back with open arms pa? E, kung bayagan ko kaya siya diyan at saka ko sabihing magpapaliwanag ako. Matatanggap niya kaya iyung paliwanag ko nang ganun-ganun lang?

Ayoko na talaga. Sawang-sawa na ako. Kahit ang dami kong gusto kong malaman sa pagsulpot ngayon ni Elton dito sa probinsya. Pinigilan ko lang ang sarili ko. Bukod sa natatakot ako sa maaaring mga sagot na makuha ko, natatakot na ulit akong masaktan.

Tiyak kasi pag nasaktan ako for the second time around by the same person, it will hurt like hell. At baka iyun na ang tumapos sa buhay ko. Hindi madaling mag move-on punyeta siya. Kaya iyang paliwanag niya, bitbitin niya pabalik ng manila. Hindi ko yan kailangan. Hindi ko siya kailangan.

Kanina pa ako pagulong-gulong dito sa papag na hinihigaan ko pero hindi ako makatulog. Sa ganitong oras na 'to bumabangon na dapat ako para magmasa ng pande-suman na itititinda ko mamayang ala-singco ng umaga. Hindi na talaga ako makatulog kaya bumangon nalang ako.

Tumapat muna ako sa salamin para mag suklay at mag-ayos ng sarili. Habang inaayos ko ang sarili ko, bigla ako nakarinig ng may bumahing. Dalawang magkasunod na pag bahing iyung narinig ko kaya napasilip na ako sa may bintana. Kumunot agad yung dalawang kyot kong mga kilay nang makita ko si Elton na nakaupo sa gilid ng pintuan ng kubo ko habang nangangatog sa lamig,

Kita mo talaga 'tong hinayupak na 'to. Nangangatog na sa lamig pero nagtitiis pa rin diyan at ayaw pumasok sa loob ng sasakyan niya. Bakit ba kasi hindi niya naintindihan yung sinabi ko kanina? Feelness niya ba na kapag nilamig siya, lalambot ang puso ko sa kanya? Neknek niya. Nang dahil sa pagmamahal ko sa kanya noon, hindi lang puso ko ang pinatigas niya. Pinatigas na rin niya ang atay, apdo, alak-alakan, bituka, at baga ko. Para siyang freezer. Ang cold niya. Pwe!

Gusto ko sana siyang dedmahin at hayaan siyang mamatay sa lamig pero baka kung ano naman sabihin ni Lolo A sa akin kapag nalaman niya na hinayaan ko 'tong pinakamabait niyang apo na lamigin sa labas. Padabog kong nilapag yung suklay at dumiretso agad sa may pintuan.

Bwisit na Elton 'to. Pasakit talaga sa buhay ko kahit kailan. Ang aga-aga hina-highblood ako. Iyong dugo ko ata sa napkin ko biglang sinipsip pabalik ng ano ko para lang maipon sa ulo ko. Jusko.

Nagulat si Elton nang biglaan kong buksan yung pintuan. Natataranta siyang napatayo.

"Althea," sabi niya na halatang nilalamig talaga. Nangangatog na yong labi niya "Go —Good Morning." nakangiti niyang bati. Yung pisngi ni Elton halos mamula na.

Nakuha pa talagang mag blush-on ng walangya. Ano 'to? Para fresh lang?

"Walang good sa morning," aniya ko "Lalo na kung mukha mo ang makikita ko."

Bwisit na Elton 'to. Bakit ganito? Bakit parang sa tatlong b'wan na hindi naming pagkikita 'e mas lalong kuminis ang balat niya? Mas lalo rin siyang gumwapo. O dahil siguro sa gupit niya? Mas tumambok kaya ang pwetan niya ngayon? Uhm. Kailangan ko ma-checkness.

"Pumasok ka," sabi ko saka tumalikod na. Sumunod naman siya. "Diyan ka mahiga sa upuan. Matigas 'yan. Pero huwag ka mag-alala. Mas matigas pa rin yang puso mo. Hindi man yan katulad ng upuan mo sa mansion. Pero mas okay na yan kaysa mamatay ka sa lamig sa labas, 'di ba?" aniya ko "O, baka naman mag-iinarte ka pa?"

Umiling siya saka ngumiti, "Hindi. Kahit saan naman komportable ako basta nakikita kita."

"Pikit ka," sabi ko.

"Bakit?" naguguluhan niyang tanong.

"Basta pumikit ka nalang."

Tapos pumikit na si Elton.

"Anong nakikita mo?" muli kong tanong.

"Wala," sagot niya saka niya minulat yung mga mata niya. "Wala akong nakita."

"Wala, 'di ba? Parang yung mga sinasabi mo. Wala. Walang sense," tugon ko "Tigil-tigilan mo ako sa mga banat mo Elton Alexander. Kung noon kikiligin ako, pwes ngayon hindi na. Naka-move on nako sa'yo." tumalikod na ako "Matulog ka na diyan at maaga ka pang aalis mamaya."

"Hindi ako aalis," sagot ni Elton na kinatigil ko sa paglalakad. Nilingon ko siya "Hindi ako aalis dito hanggang hindi kita naisasama pabalik. Nangako ako kila Lolo. Lalong-lalo na kay Chris na sa pagbalik ko, kasama na kita. Kaya I'm so sorry to disappoint you, Althea, but I won't leave unless you will go with me. This is not the place that you're belong to."

Mapakla akong natawa.

"This is not the place that I belong to? Really? Ano nangyari sa sinabi mo noon na bumalik nalang ako dito sa probinsya dahil dito naman ako nababagay, Elton?" tugon ko "Saka, ano kamo? Nangako ka kila Lolo A, lalong-lalo na kay Chris na babalik ka na kasama ako? Ano ka ba. Okay lang naman kung hindi mo matupad yung pangako mo, noh. Di ba, doon ka naman magaling?" tinignan ko siya nang seryoso "Yung hindi tumupad sa mga pangako mo?"

Napalunok si Elton. Halatang nasaktan siya sa mga sinabi ko. Pero wala akong pakialam.

"Althea, hindi mo ba talaga ako kaya bigyan ng chance? I want to prove to you that I've already changed. Na hindi na ako yung dating Elton na palagi kang sasaktan. Na palagi kang papaiyakin at ise-set aside. Althea, this time, you'll be my top priority. I will make you happy to the best that I can. Bigyan mo lang ako ng second chance. I would do anything to be your everything once again. Althea, I'll promise. I won't hurt you again. Hindi ka na malulungkot at iiyak at mag-iisa. Kasi sa bawat oras na lilipas, hindi na kita iiwan. Palagi mo na akong makakasama. So, please.."

"Anong nangyari sa inyo ng girlfriend mo?"

"We broke up." malumanay niyang sagot. "Hiwalay na kami."

"Naghiwalay na kayo?" pag-ulit ko.

Ramdam na ramdam ko ang paninikip ng dibdib ko. Hiwalay na pala sila kaya andito siya ngayon?

"Kaya pala andito ka kasi wala na kayo? Kaya sa tingin mo, it's time for the 2nd option kasi wala na kayo nung 1st option mo? Wow, Elton. Dapat ba akong matuwa diyan? Kasi, finally, ako naman ako pinipili mo? O, dapat akong mainsulto kasi hanggang ngayon, pangalawa pa rin ako?"

"It's not like that. Just hear me out please, Althea. I'm begging you." nagmamakaawa na siya.

Kitang-kita ko yung pagka-alarma sa mga mata ni Elton.

"Elton, hindi mo ba gets 'yung sinabi ko kanina?" titig na titig sa akin si Elton.

Yung mga mata niya punong-puno ng kalungkutan o parang nag susumamo na pakinggan ko man lang siya. Pero hindi niya kasi maintindihan. Hindi niya maintindihan na mahirap na sa parte ko na makinig sa kanya dahil sa mga ginawa niya sa akin. Dahil ang taong nasaktan, bingi na yan. Mas pipiliin niya nang maging bingi kaysa makarinig ulit nang makakasakit sa kanya.

"Gusto mong bigyan kita ng second chance. Pero hindi mo ba naisip na nung nasa mansion palang ako, ilang chances na ang naibigay ko sa'yo? But you still screwed everything up. You only treated nothing but trash. Tapos andito ka ngayon para humingi na naman ng panibagong chance? No, Elton. You can't do that. Because that day you repeatedly torturing my heart, I don't think broken is the right word for it. My heart is more than broken, it is gone."

Tumalikod na ako at dumiretso ulit sa kuwarto ko. Nakakainis lang. Gusto ko sanang padabog isarado yong pintuan ng kuwarto ko para dagdag effectness sa iniwan kong speechness kay Elton. Pero paano ko naman gagawin yun? Paano ko pabadog isasarado yung pintuan kung wala naman pintuan 'tong kuwarto ko at tanging kurtina lang ang nakatakip? Kabanas. Kaasar.

Second chance raw? Tingin niya sa chance ng isang tao, unlimited?

Sandali lang akong tumambay sa loob ng kuwarto ko at lumabas na rin agad ako na may dala-dalang kumot. Nakakahiya naman kasi sa pakshet na yun kung hindi ko siya papahiramin ng kumot, 'di ba? Baka isipin niya, porket galit ako sa kanya, hindi na ako makatao.

Paglabas ko, gusto kong matawa sa itchura ni Elton. Pinagkakasya niya kasi yung sarili niya sa mahabang upuan. E, ang laki-laki niyang lalaki kaya hindi talaga kakasya katawan niya dun. Hindi niya alam kung anong posisyon ang gagawin niya kaya paikot-ikot na ang walangya. Akala ko may bulate siya sa pwet kaya hindi siya mapakali.

Nang huminto na siya sa paggalaw-galaw at dumiretsong higa nalang kahit lampas sa upuan ang paanan niya, binato ko sa mukha niya yung kumot. Palihim tuloy akong napangiti. Bigla kasi akong may naalala nung unang beses kong natulog sa kuwarto ni

Elton sa mansion noon.

Dumiretso na ako sa kusina para mag paalsa ng harina na aking mamasahin para sa pande-suman na gagawin ko. Habang nagmamasa ako, nagpadingas naman ako ng apoy. Ganito palagi ang ginagawa ko araw-araw kaya hindi na nakakapagtaka kung lalaki ang katawan ko at tutubuan na rin ako ng abs kagaya ni Elton. Todo ubo tuloy ako dahil sa usok ng uling.

Todo masa na ako nang mapansin kong nakatayo si Elton sa may pintuan ng kusina. Titig na titig siya sa akin na akala mo'y gandang-ganda siya sa akin ngayong madaling araw.

"Hindi ba mahirap yang ginagawa mo?" nagtataka niyang tanong.

Bahagya ko siyang sinulyapan saka muling ibinalik ang tingin ko sa ginagawa ko.

"Hindi rin," aniya ko "Mas mahirap pa rin yung mga panahon na minahal kita."

Natahimik si Elton. Barado siguro. 'Buti nga.

Lumakad si Elton papunta sa lamesa. Umupo siya sa tapat ko.

"May kape ka ba, Althea?"

"Gusto mo magkape?" tanong ko. Tumango si Elton. "Bakit? Gusto mo na bang magising sa katotohanan na hinding-hindi na ako babalik sa'yo?"

Ngumiti siya, "I will never give up."

"Ako ngang matiising tao, sumuko na. Ikaw pa kaya?" umirap ako "Ang kape ko lang dito ay gawa sa bigas. Okay lang ba sa'yo yun? Kape pangmahirap 'to."

"Okay lang sakin,"

"Akala ko mag-iinarte ka pa e."

Tumalikod ako at hinandaan ng kape ang bwisita. Habang nagtitimpla ako ng kape ni Elton. Pakiramdam ko titig na titig siya sa akin. Pagharap ko, nakumpirma kong nakatitig nga siya sa akin. Akala ko iiwas siya ng tingin pero hindi. Nakipagtitigan pa talaga siya. Ako tuloy ang umiwas nang tingin dahil pakiramdam ko unti-unti na naman akong bla bla bla. Ang dami ko pang gagawin.

"Oh, ayan na yang kape mo." Nilapag ko sa harap niya yung kape.

"Matapang ba 'to?"

"Oo. Matapang yan," tugon ko "Sa sobrang tapang ng kape na yan, mahihiya ka diyan."

"Bakit naman ako mahihiya?"

"Kasi yang kape na yan, sa sobrang tapang nyan, kaya na niya kong ipaglaban."

Nanahimik nalang si Elton habang umiinom ng kape niya. Ayaw na siguro niyang magsalita dahil lahat naman ng sinasabi niya ay binabara ko. Okay na barahin ko siya, no. Kaysa malaman niya ang totoong feelings ko. Ayokong malaman niya kung ano ba ang nilalaman ng puso ko dahil siguradong kapag nalaman niya, may lakas na naman siya ng loob na saktan ako.

Nakakapagod na kasi talagang masaktan e. Nakakapagod na yung paulit-ulit kang masasaktan at iiyak sa parehong dahilan. Nakakatakot na maranasan ko na naman ulit yung pagiging broken hearted. Pero ang mas nakakatakot sa lahat ay yung sa sobrang sakit ng nararamdaman mo, hindi mo na maipaliwanag kung gaanong sakit yung nasa loob-loob mo.

Nang matapos akong magmasa ng harina pang pandesal, sinunod ko naman ginawa yung suman. Tutok na tutok lang si Elton sa ginagawa ko. Mukhang kanina pa rin siya naglalaway kaya binigyan ko na siya. Alam ko namang matagal na niyang gustong tikman 'tong suman ko.

So, ayan. Lasapin mo ang suman ko, Elton. Dila-dilaan mo. Sipsipin mo ang katas. Damhin mo ang lasa. Ipaikot mo sa dila mo ang suman ko. Char! Hahaha.

"Ang sarap," pagpuri niya habang kumakain ng suman. "Parang dati naman hindi ka ganito magluto ng suman. Sumakit pa nga tiyan ko nun." nakangiti niyang tugon.

Napatitig ako sa kanya, "Anong sabi mo?" seryoso kong tanong "Naaalala—"

Saka ako napatigil sa sinasabi ko dahil hindi na naman mahalaga sa akin yun kung naaalala niya ba yung memories naming dalawa o hindi. Dahil mula noong sinabi ko sa sarili ko na mag move-on na ako, kinalimutan ko na ang lahat-lahat ng namagitan sa aming dalawa ni Elton.

"Ano yun?"

Umiling ako, "Wala," aniya ko "Sabi ko, ikaw na ba ang asukal sa ibabaw ng suman ko?"

Biglang naibuga ni Elton yung suman na nginunguya niya sa lamesa.

"Hoy! Huwag ka nga magsayang ng suman!" sermon ko sa kanya.

"Ikaw kasi e. Kung anu-ano ang sinasabi mo." paninisi niya sa akin.

Inirapan ko nalang siya saka kinuha yung suman na iniluwa niya saka ko ito kinain.

"Bakit kinain mo yan?" gulat na sabi ni Elton "Galing na yan sa bibig ko e."

"E, ano naman? Sayang e!"

"E, kung may lason pala ang laway ko? Edi, namatay ka?"

"Nung mga panahon na minahal kita kahit ang sakit sakit na, namatay ba ako? Hindi, di ba? Kaya hindi ako mamamatay nang dahil lang sa laway mo!"

"Hanggang kailan mo ba ipapamukha sa akin, Althea, na nasaktan kita?" aniya niya "Hindi lang naman ikaw ang nasaktan e. Pati rin naman ako."

Dinabog ko ang lamesa, "Huwag mong sasabihin na nasaktan ka dahil kahit mag kilohan tayo ngayon, yang sakit na nararamdaman mo ay walang-wala sa sakit na pinaramdam mo sa akin," sagot ko saka tumayo at tinalikuran siya.

Narinig kong napatayo rin si Elton, "Althea, willing naman akong bumawi sa'yo e. Willing akong itama lahat nang pagkakamali ko. I'm sincerely saying sorry. I'm—"

Mariin akong napapikit at galit siyang tinignan.

"Hindi lahat ng kasalanan ay nadadaan sa salitang 'sorry', Elton!" paghihinagpis ko "Dahil kahit wasakin mo pa mismo ang sarili mo, hindi mo na ulit mabubuo ang taong nawasak mo."

Magsasalita pa sana si Elton pero agad niyang isinarado ang bibig niya. Mas pinili niya sigurong manahimik nalang dahil nakita niya yung mga luhang nagbabadya sa gilid ng mga mata ko.

"Please, Elton," muli kong pagsasalita "Dun ka muna sa sala. Huwag mo ko guluhin sa ginagawa ko dahil kailangan ko magtrabaho para mabuhay. Kahit mukha akong pera tulad ng sabi mo, kailangan kong kumayod para makaraos sa buhay na 'to. Huwag mo muna guluhin 'tong mundo kong paunti-unti ko nang inaayos. Tinuruan mo akong mabuhay ng wala ka e. Kaya turuan mo rin sana yang sarili mo na mabuhay na wala ako."

"You know," tumingin siya ng diretso sa mga mata ko "I can't do that, Althea. I can't fucking do that." huli niyang sinabi saka na siya tumalikod paalis ng kusina,

palabas ng kubo ko.

Nang mawala na si Elton sa paningin ko, tumingala ako at saka humugot ng malalim na buntong hininga. Sinabunutan ko rin ang sarili ko dahil pakiramdam ko naapektuhan ako sa mga sinabi ni Elton. Hindi ko makalimutan yung itchura nung mga mata niya. Punong-puno ng pangungusap at pagsusumamo. Punong-puno ng pangungulila sa isang bagay — sa isang tao.

Tinapos ko na yung paghahanda ko sa pande-suman at inilagay na ito sa lalagyan ko. Handa na ito para ilako sa buong baryo at probinsya namin. Naligo naman agad ako ng mabilisan dahil mas a-alas singco na rin ng umaga. Kailangan ko maabutan yung mga suki kong palaging nabili ng paninda ko na kapag hindi bumili 'e susunugin ko ang mga kabahayan nila.

Dala-dala ko na ang paninda ko paglabas ko ng kubo. Naabutan ko si Elton na nasa may bakuran at may kausap sa cellphone niya. Akala ko si Lolo A ang kausap niya pero hindi. Hindi siya ganyan makangiti kapag kausap si Lolo. Yang ngiti niyang ganyan ay lumalabas lang kapag yung girlfriend niya ang kausap niya.

"It's okay. Kanina pa naman ako gising. . .Haha, seriously?" tumatawa si Elton. Ang saya-saya niya. "I missed you, too, Jen. Kailan ba balik mo? Okay. . .take care. Don't worry, I will tell her."

Para na namang dinudurog ang puso ko habang nakikitang ngumingiti si Elton at nagiging masaya habang kausap niya si Miley Cyrus. Iyun talaga yung babaeng tanging nakakapagpasaya kay Elton. Kaya hindi ko maintindihan kung bakit andito siya ngayon sa akin at pilit inaayos ang namamagitan sa aming dalawa. Gayung kitang-kita naman kung kanino siya mas sasaya.

Hindi ko na sana siya papansinin at lalampasan nalang sana kaso nakita niya ako.

"Althea!" pagtawag niya.

Napahinto ako sa paglalakad. Pilit akong nag seryoso.

"Saan ka pupunta?"

"Wala kang pakialam," malamig kong tugon "Do me a favor."

"What favor?"

"Get out of my life." sabi ko saka na tuluyang umalis sa harapan niya na hindi siya nililingon pa.

Okay na 'to. Okay na ako sa ganito.

Matagal ko na namang tanggap na hinding-hindi ako magiging siya.

Yung babaeng lubos na magpapasaya sa kanya.

==========

Chapter 54

HAPPY NEW YEAR, GUYS! BATIIN NIYO RIN AKO! HAHAHA :DWARNING: SPG! LOL! LOL! LOL! LOL!

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 54. ELTON'S POV.

I knew it from the very start this won't be easy. Hell. I never thought it would be easy. I hurt her. I deeply hurt her pure heart. Kaya inaasahan ko nang once magpakita ako sa kanya at muling bumalik sa mundong niyang unti-unti na niyang inaayos na wala ako, hindi ito magiging madali para sa akin. She's too mad. No, scratch that. She loathe me down to her core.

That Promdi Girl once I knew hated me to death. And even it's hard to my part, I know I deserve this. I fucking deserve every hate that I'm gettin' from her. At alam kong kulang pa iyong galit na pinapakita niya. Sa dami ng beses ko siyang napaiyak at nasaktan, walang-wala itong pinapakita at pinaparamdam niya sa akin. Althea's so broken. She's too broken because of me.

Alam kong iniisip niya na masyado akong hypocrite na bigla-bigla nalang magpapakita sa kanya after 3 months. Tatlong b'wan ang nakalipas pero ngayon lang ako naglakas ng loob para magpakita sa kanya at ipaliwanag ang lahat. Kahit naman ako ang nasa kalagayan niya, magagalit din ako sa sarili ko. Magagalit ako dahil bakit ngayon lang? Bakit hinayaan ko pa ang sarili ko na lumipas ang tatlong tanginang tatlong b'wan para ayusin ang namamagitan sa aming dalawa?

Pero kung makikinig lang sana siya sa akin, ipapaliwanag ko naman ang lahat-lahat. Lahat nang gusto niyang malaman sasagutin ko naman. Pati 'tong nilalaman ng puso ko, sasabihin ko na sa kanya. Gusto kong sabihin sa kanya ang totoong nararamdaman ko. Matagal ko 'tong pinigilan at tinago. Ngayong wala nang hadlang, gusto ko na 'to sabihin sa kanya at ipagsigawan buong mundo. Gusto kong ipagmayabang kung gaano

ko siya kamahal kung hahayaan niya lang ako.

But she won't let me to speak. She doesn't want to listen either. Para sa kanya, wala ng point para makinig sa mga sasabihin ko. Sarado na ang puso niya. I understand her. I understand her very well. I took 7 hours just to reach this province. Kaya kahit anong pagtataboy niya sa akin, hinding-hindi ko siya iiwan. Hinding-hindi ako aalis dito sa probinsya na hindi siya kasama.

I promised Chris na kapag umuwi ako, kasama ko na si Althea.

And I also promised myself that this time, I will win her back. I will win her heart back no matter how much it costs. And this time, kapag nakuha ko na siyang muli, hinding-hindi ko na ulit siya sasaktan pa. Ipapakita ko na sa kanya kung gaano ko siya kamahal. I will even move heaven and earth if she wants me to. Heck. I will do everything just for her.

I've been missing in action for 3 months because I was busy fixing myself.

Gusto ko kasing once magkita ulit kami ni Althea, ako na iyong dating Ton-ton na minamahal niya. Iyong Ton-ton na pinangakuan na papakasalan at papaligayahin siya. Iyong Ton-ton na bubuo ng isang masayang pamilya kasama siya. Iyong Ton-ton na walang ibang mundo kundi si Thea.

Kaya sumailalim ako sa ilang treatment. I was underwent in different treatment for my brain. Gusto ko kasing maalala iyong mga bahagi ng pagkatao ko noon na kasama si Althea na nakalimutan ko. Gusto kong kapag nagkita kami ni Althea, buo na muli ako. Para kaya ko na siyang mahaling nang buong-buo. Gusto ko rin maaalala iyong mga alaala naming dalawa. Para malaman ko kung gaano ko siya talaga kamahal at kung gaano ko siya gusto makasama sa buhay ko.

Naging successful naman lahat ng treatment ko. For the past 3 months, naging emotional ako. Araw-araw kasi bumabalik sa isipan ko si Thea at noong mga bata palang kaming dalawa. Para akong isang malaking puzzle na unti-unting nakukompleto sa mga araw na nagdaan. Puro si Althea lang iyong bahagi na yun. Si Althea ang kumokompleto sa parte ng sarili ko na nawala.

Kung alam ko lang at kung hindi lang ako nakalimot, edi sana noong unang beses siyang dumating sa mansion, at unang beses ko siyang nakita, edi sana nayakap ko siya nang mahigpit. Nasabi ko sa kanya kung gaano ko nilo-lookforward na makita siyang muli. But I was too blind and stupid.

When I was finally healed, gusto ko na agad tumakbo papunta kay Althea. Pero pinigilan ko lang ang sarili ko. Kahit sa bawat araw na lumilipas, siya lang ang iniisip ko. I fought the urge to see her, to hug her, and to tell her how much she means to me.

Sinabi ko sa sarili ko na hindi pa panahon. Hindi pa ayos ang lahat. Gusto kong kapag nagkita kaming dalawa, ayos na ang lahat ng plano ko para sa aming dalawa.

This time, yung mga plano ko noong mga bata pa kami ay unti-unti ko nang tinutupad. Hindi dahil ito ang kailangan ko, kundi ito ang deserve ni Althea na maranasan. She deserves nothing but to taste what the true happiness means. And seeing her happy makes me happy too.

Nagpagawa na ako ng bahay naming dalawa ni Althea. I bought an empty lot in one of the exclusive subdivisions sa manila. Pinatayuan ko ito ng malaking bahay. Isang white house tulad nang sinabi ni Althea noong maliliit palang kaming dalawa. May malawak din itong bakuran. Iyon kasi ang request sa akin ni Althea dati, gusto niya raw na parang nasa probinsya pa rin siya para 'di siya malungkot.

Pina-rush ko ang pagtapos ng mansion namin ni Althea. Wala akong pakialam kahit gaano kalaki ang nagastos ko. Pera lang yon. Ang mas importante ay nakita ko na iyong magiging bahay naming dalawa ni Althea. Iyong bahay na titirahan namin pagtapos naming dalawa ikasal. Iyong bahay na iyon ang titirahan naming dalawa kung saan kami bubuo ng pamilya. Isang pamilya na matatawag naming amin. Si Althea at ako. Kasama ang magiging mga supling naming dalawa.

Gusto ko sabihin kay Althea lahat nang nangyari sa akin sa tatlong b'wan na nakalipas. Gusto ko sabihin sa kanya na buo na iyong magiging bahay naming dalawa. Siya nalang ang kulang at makukompleto na ang pangarap ko sa buhay ko. Pero ayaw niya talaga ako pakinggan. She was giving me a cold treatment. Pero kahit ganon, pinatuloy niya pa rin ako sa munting bahay niya.

"Hindi lahat ng kasalanan ay nadadaan sa salitang 'sorry', Elton! Dahil kahit wasakin mo pa mismo ang sarili mo, hindi mo na ulit mabubuo ang taong nawasak mo."

Her words thrusted into my heart like it was some kind of sharp object. Sobrang sakit. Pero wala nang mas sasakit pa nang makita ko iyong mga mata niya. Hanggang ngayon, nasasaktan pa rin siya nang dahil sa akin. She has this painful look on her face while looking at me. And her eyes. . .God, her eyes were full of nothing but emptiness. Gusto ko siyang yakapin nang mahigpit nang makita ko iyung mga mata niya. She's too fucking broken. Hindi ko alam kung paano ko aayusin iyon.

Alam kong maling-mali na nagpakita ulit ako kay Althea. Maling-mali na kung kailan niya inaayos ang sarili niya at muli niyang binubuo nang paunti-unti ang mundo niya, saka naman ako babalik sa kanya. My presence caused her pain, too. Lahat na ata nang ginagawa ko, nasasaktan siya. How am I supposed to fix that? Paano ko aayusin kung nasasaktan pa rin si Althea kahit nakikita lang ako?

Gusto ko sanang umalis nalang para kahit papaano, mabawasan ang nararamdaman niya. Pero myself won't let me. Ayaw nang sarili ko na muling iwanan si Althea. Dahil simula nang maalala ko ang lahat at ma-realized kung gaano ko siya kamahal, pinangako ko na hindi ko na siya iiwan kahit kailan. Even she push me away, I won't move. I will stand still.

Whatever I need to do I will do it. Everything she wants me to do I will do it. I will beg If I need to. I will grovel if she asks me to. I will kneel down and kiss the ground she walks on if she wants me to.

Isang sabi niya lang, gagawin ko. Pero huwag na huwag niyang sasabihin na hayaan ko na siya dahil iyon na ang pinakamalaking pagkakamaling nagawa ko sa buhay ko. Hinayaan kong masaktan at lisanin niya ang buhay ko. Hindi ko na iyon uulitin pa. Hinding-hindi na talaga.

"Huwag mo muna guluhin 'tong mundo kong paunti-unti ko nang inaayos. Tinuruan mo akong mabuhay ng wala ka e. Kaya turuan mo rin sana yang sarili mo na mabuhay na wala ako."

"You know,"

Tumitig ako sa mga mata niya. Hindi ko alam kung nakita niya bang nasaktan ako sa sinabi niya.

"I can't do that, Althea. I can't fucking do that." huli kong sinabi saka tumalikod at lumabas ng bahay kubo ni Althea para magpakalma ng sarili ko.

I don't want her to see the unshed tears in my eyes. I took a deep breath and let out a sigh.

I smiled bitterly when I remembered what she said.

"Turuan mo rin sana yang sarili mo na mabuhay na wala ako."

"How am I supposed to live without you?" I asked myself "Kung ikaw lang ang rason ngayon kung bakit gusto kong gumising sa umaga? Paano ko tuturuan ang sarili ko na mabuhay nang wala ka kung ikaw na ang rason ko ngayon kaya ako nabubuhay?"

Habang nakatulala sa kawalan bigla kong narinig na nag ring ang phone ko. Pagtingin ko, I saw Jeninna's name flashing on my cellphone's screen. I smiled and answered my phone.

"Is it too early to call? Did I wake you up?" nag-aalala niyang tanong.

I told her that it's fine. Na kanina pa naman ako gising. Kinuwentuhan ako ni Jen na kakatapos lang daw ng rehearsal niya. Nasa New York na ulit siya para sa isang malaking event. Napangiti tuloy ako sa sarili ko dahil mabuti naman okay si Jen. I thought hindi kami magiging magkaibigan after nang nangyari sa pagitan naming dalawa. Pero every now and then, tinatawagan ako ni Jen just to check on me. Palagi niya tinatanong kung kumusta na ba kaming dalawa ni Althea.

I sighed, "Kakakita lang naming dalawa ngayon. And—"

"She's mad and hurt and won't let you explain?" she cut my sentence. Damn right.

"Yeah," I said, frustrated. "Hanggang ngayon, nasasaktan pa rin siya. Everytime na magkakatinginan kaming dalawa, my heart aches. I saw the pain in her eyes. The pain I've caused to her. It was so heartbreaking, Jen. Parang hinahati yung puso ko. That's not the Althea that I knew. Nawala na iyung dating Althea na palaging nakangiti at tumatawa. Yung Althea na nakikita ko kasi ngayon," I gulped. Trying to swallow the lump that forming in my throat. "Yung Althea na nakikita ko kasi ngayon ay yung Althea na 'di ko naisip na makikita ko. Too cold and empty."

Natahimik si Jen. Mukhang nag-iisip nang isasagot.

"You know, Alexander?" she started "A woman's heart becomes cold when she was been hurt. What she needs isn't a man's apology. But a man's effort to remedy and fix the things he went shattered of."

This time, ako naman ang natahimik. Hinayaan ko lang magsalita si Jen.

"Nasaktan kasi ng sobra-sobra si Althea. She's now scared to listen to you anymore. Ayaw na niya hayaan ang sarili niya na makinig sa kahit anong sasabihin mo. She thinks, everything that you would say is nothing but a lie. She doesn't want to get hurt again."

"I know," I admitted "Sa dami ba naman ng beses ko siyang nasaktan e."

"But don't give up yet. Marami na kayong time na nasayang. Huwag mo na iyon dagdagan pa."

I smiled to myself, "I don't have a plan to. Don't worry."

"Good," I felt that Jhen was also smiling. "Gotta go, Alexander. Time for my bed time."

"Jen," I called her name.

"Uhm?"

"Thanks," sabi ko "For the past months, I know, I deserve your hate. Pero hindi mo ginawa. Sinusuportahan mo pa ako kay Althea."

She laughed, "I want to hate you, Alexander."

"But you never did,"

"Because at some point, there's no point," she sincerely answered "How can I hate the person who made me stronger for the past years that I've became weak?

Alexander, huwag na huwag kang susuko kay Althea, okay? You deserve to be happy and I know that Althea will make you happy."

Napangiti ulit ako, "Yeah, she can make me happy and at the same time, she can destroy me."

"That's the meaning of love, right? Love can make you happy and destroy you at the same time."

Nakita kong naglakad na palabas si Althea ng bahay kubo niya kaya tinapos ko na yung tawag sa pagitan naming dalawa ni Jen. Nag goodluck na naman siya sa akin. Yeah, I need a goodluck.

Tinawag ko si Althea. Napansin kong may dala-dala siya. Mga paninda niya ata iyon.

"Althea!"

I'm glad na huminto naman siya at tumingin sa akin. Seryosong-seryoso yung mukha niya. Wala akong ibang mabakas na emosyon sa mukha niya kundi galit. Sighed.

"Saan ka pupunta?" tanong ko. Gusto ko sana siyang samahan kung hahayaan niya lang ako.

Papasikat palang ang araw pero magsisimula na agad mag trabaho si Althea. Shit. Did she do this everyday? Maagang gumigising para lang magtinda at kuminta ng pera? My own thought broke my heart. Hindi ko ma-imagine na naglalakad si Althea sa buong baryo para lang magbenta.

She doesn't deserve this. She deserves more than this. She deserves to be put in pedestal.

"Wala kang pakialam," malamig niyang sagot sa akin. "Do me a favor."

"What favor?" mabilis kong sagot.

Ine-expect ko na magpapasama si Althea sa akin. Na sa akin niya ipapabuhat iyong mabibigat niyang dala. Shit. I want to make her life easier. Gusto kong ibigay sa kanya lahat para hindi na siya mahirapan. Kung gusto niyang ako nalang magbenta niyan, gagawin ko. I am willing to do everything just for her. I want to make sure that she doesn't feel any hardship at all.

Pero iba iyung inaasahan ko sa sinabi niya.

"Get out of my life," she said coldy then turned her back and walked away from me.

Hindi agad ako nakapag-react sa sinabi ni Althea.

Nakatitig lang ako sa bakuran na pinaglabasan niya.

At nang maka-recover ako, I let out a deep sigh again.

"How can I get out from your life if you're my life, Althea?" I said to myself.

Wishing that she heard it.

ALTHEA THE BOBITA AT MAARTE AT FEELING PRETTY'S POV

Hindi ko alam kung anong plano ng bwisit na Elton na 'to sa buhay niya. Kahit palagi ko siyang tinataboy, tina-trashtalk, at pinapalayas, hindi talaga siya natitinag. Parang wala siyang naririnig na insulto sa akin araw-araw. Akala mo nabingi na siya. Sa tuwing tatapunan ko siya ng masasakit na salita at mga pamatay kong hugot, ngingitian niya lang ako.

Yung klase nang ngiti niya na falcon-ako-kaya-malaglag-yang-panty-mo-dahil-sa-ngiti-ko na klase ng ngiti. Kaya kahapon tuloy, dalawang panty ang suot ko. Baka kasi mahulog iyung isa, at least may suot pa akong isa. Baka ngayong araw, tatlong panty na ang isuot ko. Maganda na ang sigurado. Kaysa malaglag lahat ng suot kong panty nang dahil sa bwisit na Elton na 'to na gumugulo na naman sa mundo ko. Ang mundo kong unti-unti na naman nagkakaroon ng kulay na siyang kinakatakot ko.

Tatlong araw na ang lumipas simula nang dumating dito sa probinsya si Elton. Pang-apat na araw na nga ngayon. Araw-araw, sinusubukan niya akong kausapin. Sinusubukan niyang ipaliwanag sa akin yung mga nangyari. Pero wala naman siyang nakukuhang matinong sagot mula sa akin. Palagi ko lang siyang binabara. Minsan, nag wo-walk out ako. Pero, kadalasan hindi ko siya pinapansin.

Alam kong nakakainis ang ginagawa ko. Sinusubukan niyang magkaayos kaming dalawa. Sinusubukan niyang muli kaming magsimula ng panibagong buhay. Pero ako itong matigas ang ulo. Ako ito ang ayaw makinig sa mga sinasabi niya. Masisisi niya ba ako? E, sa ayaw ko na makinig sa kahit ano pang sasabihin niya. Okay na ako ng wala siya e.

Kaya hindi ko na kailangan makinig sa kahit anong gusto niyang sabihin. Masyado ng maraming chance ang nabigay ko sa kanya. Tama na iyon. Chance naman para sa sarili ko ang ibibigay ko. Chance na maging masaya. Chance na mahalin ang sarili. Chance na mabuhay. . . mabuhay na walang Elton na nananakit. At chance na magmahal na ulit ng lalaking hindi niya katulad.

Kakagising ko lang ngayong madaling. Kailangan ko na naman magmasa ng pande-suman na ibebenta ko maya-maya. Paglabas ko ng kuwarto ko, naabutan ko si Elton na nakaupo na sa upuang kahoy na hinihigaan niya rito sa bahay kubo ko. Nagkakape na ang ulaga.

Wow. Nagtimpla na ng sarili niyang kape. Bahay mo ba 'to, 'te?

Napansin ako ni Elton kaya ngumiti siya sa akin. Aga-aga sira na naman ang araw ko.

"Good morning, My Althea."

"Ano ba? Hindi ka ba nakakaramdam?" aniya ko "Walang maganda sa umaga kung mukha mo lang ang una kong makikita sa umaga. Aga-aga mong naninira ng umaga. Hindi ka pa bumalik sa pinanggalingan mo. Sumisiksik ka pa dito." pagtataray ko.

Nawala yung ngiti ni Elton pero wala akong pakialam. Ang aga niya akong binadtrip e. Edi ang aga niyang nakarinig ng realtalk mula sa diyosa ng mga suman.

Naglakad ako papuntang kusina para maghanda na sa gagawin ko. Naramdaman kong nakasunod sa akin si Elton pero 'di ko siya pinansin. Tulad nang 'di niya pagpansin sa akin noong mga panahong baliw na baliw pa ako sa kanya. Ha. Dedmahan tayo ngayon. Bwisit ka Elton bhe.

"Magtitinda ka ba ulit ngayon?" narinig kong tanong niya mula sa likuran ko.

"Malamang. Mukha akong pera, 'di ba? Kaya kailangan ko magtinda para magkapera."

"Hindi mo na naman kailangan magtinda. Kung gusto mo, bibigyan kita ng panggastos mo. Para hindi ka na mapagod sa araw-araw na ginagawa mo."

Napahinto ako sa pagkuha ng mga kahoy na sisibakin ko ngayon para sa panggatong. Tumingin ako kay Elton na kasalukuyang nakangiti sa akin. Pero agad naman nawala yung ngiti niya nang makita niyang hindi ako natuwa sa narinig ko. Seryosong-seryoso akong nakatingin sa kanya.

"Bibigyan mo ako ng pera?" tanong ko pabalik "Para saan, Elton? Para may maisumbat ka na naman sa akin na mukha akong pera at tanging pera mo lang ang habol ko? Hindi na, Elton. Hindi ko kailangan ng pera mo o ninong falcon. Iyo na pera mo. Isaksak mo sa lungs mo."

Hindi na nakasagot si Elton. Napaiwas nalang siya ng tingin. Kinuha ko na iyung mga kahoy saka ako lumakad papunta sa kanya para dumaan. Ayaw pa niya sanang umalis sa dadaanan ko kung hindi ko lang siya tinignan nang masama e. Hahambalusin ko talaga siya nitong mga kahoy na bitbit ko kung hindi siya umalis. Huwag niya akong subukan. Itong ang aga-aga ha.

Nakasunod lang si Elton sa akin nang pumunta ako sa bakuran. Dito ko kasi sisibakin 'tong mga kahoy. Nawala sa isip ko na ubos na pala panggatong ko at nakalimutan kong magsibak kagabi bago ako matulog. Si Elton kasi binadtrip ako kaya ang aga kong natulog mula sa pagtitinda ng isda.

Magsisimula na sana akong magsibak nang kahoy nang biglang agawin sa akin ni Elton ang palakol.

"Ano ba?" sigaw ko sa kanya "Akin na nga yan! Istorbo ka sa trabaho ko!"

"Ako na gagawa niyan. Hindi magandang tignan na babae ang gumagawa nito."

Mapakla akong tumawa, "Ano kamo? Hindi magandang tignan na babae ang gumagawa nito? Pero okay lang na saktan ako? Mas okay na makitang sinasaktan ako kaysa nagpapalakol ako?"

Napahugot ng malalim na buntong hininga si Elton, "Althea, just. . .just this one. Hayaan mo munang ako ang gumawa nito. Para naman kahit papaano may maitulong ako sa'yo."

"Hindi ko kailangan ng tulong mo," aniya ko. Pilit kong inaagaw iyung palakol pero ayaw niya talagang ibigay. Ugh. Kumukulo na naman ang dugo ko ke-aga-aga. "Ano ba?!"

"Ako na, Althea. Huwag ka nang makipag-away. Hayaan mo nalang ako na gumawa nito."

Inilapag ni Elton ang palakol saka niya hinubad iyong sundo niyang t-shirt saka ito binato sa akin. Tumama iyung t-shirt ni Elton sa mukha ko kaya naamoy ko na naman yung mabango niyang pabango. Sininghot-singhot ko pa ito nang ilang beses bago ko naisip na nasa harap ko lang pala ngayon si Elton. Mabilis ko tuloy tinanggal sa mukha ko yung shirt niya at tumingin sa kanya. Nakita kong nakangiti siya at umiiling-iling habang inaayos iyung kahoy na una niyang sisibakin.

"Anong tinatawa-tawa mo diyan?" snob sa personal kong tanong.

Sumulyap sa akin si Elton, "Hindi naman ako tumatawa ah. Nakangiti lang ako."

Napaikot ako ng mata, "So, ano ngang ngiiningiti-ngiti mo diyan?"

"Wala lang," sabi niya saka sumibak na ng kahoy "Naisip ko lang na para na tayong mag-asawa."

"Wow, men. Kung anu-ano ang iniisip mo. Ayos ah." sarkastiko kong sagot.

Ngumiti na naman si Elton, "Ayos na ayos talaga."

Napairap ako, "Ilang araw ka na andito. Wala ka bang trabaho?"

"Meron," sabi niya "Pero mas importante ka sa trabaho ko kaya okay lang. You're damn worth it, Althea. Kaya screw everything. Nothing comes before you."

Hindi nakatingin si Elton sa akin habang sinasabi niya iyung mga linya na yun pero ramdam na ramdam ko ang pagkislot ng puso ko. Potapete ka, puso. Umayos ka. Huwag kang kumislot-kislot diyan. Kakahilom mo palang. Baka mawasak ka na naman nang dahil sa kalandian mo.

"Elton," pagbanggit ko ng pangalan niya "Hindi mo ako madadaan sa mga ganyan mo."

"Alam ko," tumingin si Elton sa akin. Seryoso siya "Alam ko naman e. Pero gusto ko lang sabihin kasi yun ang nilalaman ng puso ko. Nothing comes before you now, Althea. I'll put you first before anything else so hindi ako aalis dito hanggang hindi tayo nagkakausap ng matino."

"Heart to heart talk ang kailangan mo?" tanong ko "Sorry ka. Pero wala na akong puso."

Hindi na umimik si Elton at tinuon nalang niya ang pansin niya sa pagsisibak ng kahoy. Hinayaan ko nalang din siya dahil wala na rin naman akong masabi pang iba. Habang nakatayo ako sa gilid ni Elton, hindi ko maialis sa sarili ko na hindi purihin sa isipan ko yung katawan ni Elton.

Mas lalo kasing gumanda ang katawan niya sa tatlong b'wan na hindi ko siya nakita. Yung muscles niya sa braso niya naglalabasan sa tuwing sinisibak niya yung kahoy. Napapaliyad si Elton kaya nagkakaroon ako ng tsansa para makita yung perpekto niyang likuran. Ke-tambok talaga ng pwetan ng Elton na 'to jusko. Likuran palang niya ulam na. Paano pa kaya ang harapan? Edi dessert! LOL!

Pagkaraan ng ilang minuto, natapos na ni Elton sibakin yung ilang malalaking kahoy. Natapos niya lamang ito ng ilang minuto. Hindi tulad ko na inaabot ng ilang oras sa pagsisibak. 'Ba. May magandang dulot din pala 'tong walangya na 'to. Hindi lang sa pananakit ng damdamin magaling. Magaling din pala siya sa pagwasak ng kahoy. Parang pagwasak na ginawa niya sa puso ko.

Nag-inat ng mga braso si Elton kaya naglabasan na naman yung mga muscles niya sa dalawang braso niya. Halos mapatulala ako nang mapatingin ang kyot kong mga mata sa dibdib ni Elton at sa tiyan niyang may matitigas na pandesal. Jusko lang ulit. Kapag iyang pandesal sa tiyan ni Elton ang ibinenta ko rito sa probinsya, hindi ko na kailangang magbanta pa. Tiyak kasi bibilhin agad yan.

Abala ang mga kyot pero malalandi kong mga mata sa pagsulyap sa katawan ni Elton nang marinig ko siyang magsalita. Hindi ko inaasahan yung mga sinabi niya.

"Sa bakuran na 'to," pagsasalita niya.

Napaangat ang tingin ko sa mukha ni Elton nang mapansin kong hindi sa akin siya

nakatingin. Sa bakuran nakatingin yung mga mata niya habang may ngiti na nakausli sa labi niya na para bang may naaalalang magandang pangyayari sa buhay niya.

Tumingin si Elton sa akin, "Di ba, sa bakuran na 'to sinabi mo sa akin noon kung anong klaseng bahay ang gusto mong ipatayo natin? Sabi mo, gusto mo yung may malaking bakuran gaya nito ang magiging bahay natin para hindi ka malulungkot?"

Parang batang nagsasalita si Elton habang nakatingin siya sa akin. Yung mga mata niya punong-puno nang kasiyahan dahil sa munting alaala na naalala niya.

"Dito rin sa bakuran na 'to tayo palaging naghahabulan noon. Tapos diyan sa puno ng manga na yan," tinuro niya yung malaking puno ng manga "Diyan tayo nagtatago palagi kapag tinatawag tayo nila Lolo para kumain. Ayaw kasi natin ipakita na ang dumi-dumi ng mga damit natin dahil sa sobrang paglalaro. Diyan din sa puno na yan..." napatigil si Elton.

Para akong nanigas sa kinatatayuan ko nang mapatingin sa akin si Elton. Punong-puno na ng iba't ibang emosyon iyong mga mata niya. Naaalala na niya? Naaalala na ba niya ang lahat? Sana hindi. Sana hindi niya pa naaalala na diyan sa puno ng manga na yan—

"Diyan sa puno ng manga na yan kita unang hinalikan noong mga bata palang tayo," bahagyang naglakad papunta sa gawi ko si Elton. "Hindi si Jeninna ang first kiss. Ikaw ang first kiss, Althea, 'di ba? I kissed you back there when you're crying because you thought I won't fulfill our promises when you saw me playing with other girls. Umiyak ka ng umiyak nun. Kaya hinalikan kita."

"Thea, ikaw lang ang magiging bride ko. Yung mga babaeng kalaro ko kanina wala iyon. Hindi sila mahalaga sa akin. They meant nothing to me." kahit punong-puno ng uhog at luha ang buong mukha ko noon hinalikan ako ni Ton-ton sa labi. Bata palang ako pero may first kiss na ako.

Binato ko kay Elton yung t-shirt niya saka madaling pinagkukuha yung mga kahoy na sinibak niya.

"Hindi ko alam ang mga sinasabi mo," aniya ko nang makatalikod na ako.

"Hindi mo alam o mas gusto mo lang kalimutan?" narinig kong sagot ni Elton.

Nakasunod siya sa akin sa pagpasok ko sa loob ng bahay kubo.

Nanginginig ang buong katawan ko. Hindi ko alam kung dahil ba sa galit o dahil sa sama ng loob sa mga oras na 'to. Gusto ko na naman umiyak. Gusto ko na naman magkulong sa kuwarto ko para hayaan ang sarili ko na humagulgol dahil naalala ko na naman yung mga memories namin ni Elton noon. Yung mga memories na ilang ulit ko nang gustong kalimutan.

"Althea," naramdaman kong hinawakan ni Elton ang braso ko. "Please, look at me." Nagmamakaawa siya. Ramdam na ramdam ko ang hinagpis sa boses ni Elton.

Hindi ko alam kung posible bang naririnig ni Elton ang sobrang lakas ng tibok ng puso ko ngayon. Kailangan ko siyang itulak. Kailangan niyang lumayo sa akin. Baka marinig niya ang malakas na tibok ng puso ko nang dahil sa kanya. Baka malaman niyang may puso pa rin ako para sa kanya.

"Bitawan mo nga ako!" sigaw ko. Pilit binabawi ang braso kong hawak-hawak niya.

"Hindi!" pagmamatigas niya "Tumingin ka sa akin, Althea. Please."

Hindi ko siya magawang tignan. Baka kasi sa oras na mapatingin ako sa kanya at makita ko yung mga mata niyang punong-puno ng kalungkutan mula nang dumating siya dito, hayaan ko na naman ang sarili ko na magpakatanga sa kanya. Hindi na maaari. Naging tanga na ako ng ilang beses. Hindi ko na iyun kailangang ulitin pa. Pak! Pak! Pak! Ganern dapat!

"Ano ba? Sinabing bitawan mo ako e!" sinigawan ko siya. Tinulak ko rin siya ng malakas.

Napabitaw si Elton sa pagkakahawak sa akin kaya tinignan ko siya. Nagbalat kayo na naman yung mga mata ko. Yung mga kyot kong mga mata na punong-puno ng galit at hindi pagmamahal.

"Elton, hindi na importante kung ginusto ko kalimutan yung mga memories nating dalawa. Hindi na naman yun mahalaga. I'm moving on. Hindi ko kailangan ng mga alaalang kasama ka."

"Tingin mo hahayaan kitang makalimot ngayong naaalala ko na ang lahat?" bwelta niyang sagot "Tingin mo hahayaan kong kalimutan mo ako at unti-unti mo akong tatanggalin sa sistema mo ngayong buong sistema ko ikaw na ang sinisigaw? Fuck it, Althea. Ano ba gusto mong gawin ko? I would grovel if you want. I would kneel down infront of you just ask. I would fucking kiss the ground you're stand on if you ask me to. Just fucking say it, Althea. Para lang mapatawad mo ako at hayaan mong marinig mo lahat ng gusto kong sabihin!"

Sinabunutan ni Elton ang sarili niyang buhok, "Ang hirap kasi, Althea, e. Ang hirap-hirap," puno ng paghihirap ang boses niya "Nahihirapan na ako. Ngayong naalala ko na ang lahat at kung gaano ka kahalaga sa akin at kung gaano kita kamahal, hindi ko naman maipakita sa'yo. Hindi mo kasi ako hinahayaan. I want to touch you. I want to kiss you. I want to scream in this fucking world how much I love you but you won't let me to do that. Masyado ka kasing naka-focus sa galit mo sa akin."

Nagsisimulang maglakad si Elton papunta sa akin. Hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko. Lalo na nang magtapat ang mga mata naming dalawa. Gusto kong umiwas ng tingin pero hindi ko magawa. Para akong naging alipin ng mga mata ni Elton na punong-puno ng paghihinagpis ngayon.

Naramdaman ko nalang na nasa harapan ko na si Elton. Nakatayo na siya sa harapan ko ngayon. Yung mga kamay niya humaplos sa magkabila kong mga kamay. Naramdaman ko na naman yung milyong-milyong boltahe ng kuryente na tumakbo papaakyat sa buong katawan ko.

"Althea," muling pagtatawag ni Elton. Mahina ang boses niya pero sapat na iyon para kilabutan ang buo kong katawan. Nagtaasan lahat ng buhok ko. Pati buhok ko sa tutot tumayo.

"Please, look at me." pagmamakaawa ni Elton.

Kahit ayokong tignan siya, naging makulit ang sarili ko. Dahan-dahan akong tumingala para salubong ang mga tingin ni Elton. Nang magtama ang mga mata namin, alam kong nasa bingit na naman ako ng kalandian—este panganib. Nalunod na naman kasi ako sa mga tingin ni Elton.

Magsasalita pa sana ako. Sasabihin ko sanang layuan niya ako. Saka siya itutulak palayo sa akin. Pero huli na ang lahat. Naramdaman ko na yung labi ni Elton na bumalot sa sarili kong labot. Masyadong mabilis ang mga pangyayari. Nanlambot na ang mga tuhod ko at naramdaman iyon ni Elton. Kaya binalot niya yung dalawa niyang mga kamay sa akin. Yinakap niya ako sa beywang ko.

Naging malalim at mapusok ang paghalik ni Elton sa akin. Ramdam na ramdam ko na yung mga kamay niya na nasa loob ng suot kong blouse at handa nang tanggalin ang bra kong suot.

Mariin akong napapikit habang magkadikit pa rin ang mga labi naming dalawa.

Pasikreto ko ring inalala kung parehas ba ng kulay ang panty at bra na suot ko ngayon.

==========

Chapter 55

Hello! Sorry kung ang tagal ng update. Malapit na kasi matapos. HAHA! Last 5 chapters =)

THAT PROMDI GIRLwritten by owwSIC

Chapter 55.

Kanina ko pa naririnig si Elton na bumubulong sa likuran ko habang naglalakad kami sa buong baryo para ilako ang pinaka-famousness, pinaka-cheapness, pero pinaka-deliciousness na pande-suman sa buong mundo. Ilang beses na siyang napapamura at sinasabing ang sakit daw ng kanang mata niya. Mukhang masakit nga dahil pagsulyap ko sa kanya, may pasa ito.

Nagkapasa ang kanang mata niya dahil sinuntok ko ito kanina. Ayaw niya kasing bumitaw mula sa paghalik niya sa akin kaya na-beastmode na ang diyosa at nakatikim siya ng suntok. Ayon, sa sobrang lakas ng suntok ko, napatumba siya. Tumama pa ang ulo niya sa kanto ng lamesa. Hindi niya alam kung anong una niyang hahawakan. Kung iyong mata niya ba o iyong ulo niya.

Gusto ko sanang mag-volunteerness na ako nalang hahawak sa ulo niya. Kaso, naisip ko, lugi ako. Ibang ulo niya kasi ang gusto kong hawakan at himasin. Hindi iyong ulo niya sa itaas, no.

Mabuti nalang talaga naalala kong magkaibang kulay ng panty at bra ang suot ko ngayon kaya napigilan ko ang gustong mangyari ng hinayupak na Elton na 'to. Hindi pa ako handa isuko ang bataan, no. Hindi pa ako handang ma-rak. Saka, ang kapal naman ng mukha niya kung may mangyayari ganung galit ang buong katawang lupa ko sa kanya. Duhhhh.

Mabuti nalang, naalala kong kulay black ang suot kong bra habang hindi nga pala panty ang suot ko ngayon. Ang suot kong salawal ay iyong naiwang brief ni Lolo Philip ko. Puro nasa labahan kasi mga panty ko at hindi pa ako nakakapaglaba. Kaya ayun, ginamit ko muna brief ni Lolo.

Malinis naman iyon e. Isang beses niya lang ata nagamit mula ng nabubuhay pa siya.

Muli kong sinulyapan si Elton nang marinig ko na naman siyang napamura. Pagtingin ko sa kanya, hirap na hirap siyang buhatin iyong karton na pinaglalagyan ng mga pande-suman. Nakahawak din siya sa kanang mata niya na halatang kumikirot.

Ang arte-arte ng walangya. Bakit kasi sumama pa siya sa akin? Sinabi nang hindi niya kailangan sumama pero nagpumilit pa rin. Kahit daw 'di ako pumayag, susunod pa rin siya. So, hinayaan ko nalang siya tutal ayaw na ayaw niyang hindi nakikita ang kagandahan ko, 'di ba?

"Bilisan mo nga maglakad!" bulyaw ko sa kanya "Ang bagal-bagal mo! Anong oras na pero wala pa akong nabebentang pande-suman. Tignan mo, oh, papatirik na ang araw!"

"Sandali lang," sagot niya "Ang sakit ng mata ko e. Hindi ko maibukas nang maayos. Ang labo."

"Ang labo?" tumawa tayo "Terno palang yang mata mo sa ating dalawa e."

"Bakit naman?"

"Parehas kasing malabo!" tawa pa ako nang tawa.

"Ikaw lang naman ang malabo sa ating dalawa," napanguso siya "Hindi na malabo ang nararamdaman ko sa'yo. Pero ikaw, kahit alam nating parehas, sinasabi mo lang malabo."

"Wala kang alam sa nararamdaman ko," aniya ko saka pa umirap.

"Alam ko ang nararamdaman mo, Althea," sagot ulit ng kupal "Alam nating pareho na mahal mo pa rin ako. Alam nating hindi pa rin nagbabago ang feelings mo sa akin. Alam nating natatakot ka lang dahil akala mo sasaktan pa rin kita. Pilit mo lang pinapalabo ang katotohanang mahal mo pa rin ako kasi natatakot ka na naman sa ideyang baka masaktan na naman kita."

Huminga ako ng malalim saka muli siyang tinignan, "Oh, really? Kapag ba nasusuntok ka, Elton, tumataas ang self-confidenceness mo at lalong kumakapal ang fez mo?" malamig kong tugon "Elton, nagkakamali ka. Matagal na nagbago ang feelings ko sa'yo. Natapos na ang feelings ko sa'yo nung pinalayas mo ako sa mansion at pinaalis mo ako sa buhay mo. Hindi ako nanatakot masaktan. Alam mo kung saan ako natatakot? Sa ideyang muli kitang mahalin kasi hindi mo naman iyon deserve. Hindi ko rin pilit pinapalabo ang katotohanang mahal pa rin kita. Kasi mas malinawag pa sa sikat ng araw na hindi na, Elton. Hindi na talaga. Gets mo? Hindi na. H. I. N. D. I. N. A. Hindi-"

"Kung hindi mo na ako mahal," pinutol niya ang sinasabi ko. Bastos talaga 'tong timawa na 'to "Bakit ka tumugon sa halik ko kanina, Althea? Why did you kiss me back?"

Muntik akong mapanganga sa tanong ni Elton sa akin. Seryosong-seryoso talaga siya sa sinasabi niyang mahal ko pa rin siya kahit hindi naman na. Ang kapal-kapal lang talaga. Mas makapal pa ata talaga ang mukha niya kaysa sa buhok niya sa pututoy niya.

Hay nako. Ito ang mahirap sa maganda e. Pinipilit ng isang lalaki na mahal mo siya kahit hindi naman na. Kung kasalanan lang talaga ang pagiging maganda, baka nung kakapanganak palang sa akin, nasa kulungan na ako. Nakakasawa na talagang maging maganda. Pa-experieness naman maging pangit kahit isang araw lang oh. Para naman hindi ako palaging stressness.

Inayos ko ang buhok ko pati ang sarili ko.

"Gusto ko lang gumanti ng halik sa'yo," aniya ko "Hinahalikan mo ako e. Alangang hindi kita gantihan ng halik. 'Di ba nga may kasabihang 'kapag binato ka ng bato, batuhin mo ng tinapay na may palaman na poste.' Kaya, hinalikan din kita."

Biglang napailing-iling si Elton saka ngumiti, "Hay, bobita ka pa rin pala talaga," sabi niya "Mabuti nalang mahal na mahal kita. Wala akong planong isuko ang bobita na katulad mo."

Hindi ko mapigilan ang sarili ko kaya bigla akong nag blushness. Kekeeser na Elton 'to. Tinatawag akong bobita. Gandang-ganda pa rin talaga siya sa akin, no?

"Huwag mo nga ako tinatawag na bobita. Baka hindi ko mapigilan ang sarili ko't-"

"Mahalikan mo ako?" ngumisi siya "Huwag mo na pigilan ang sarili mo."

"Hindi. Baka hindi ko na mapigilan ang sarili ko't pantayin ko na yang pasa mo sa mata!" pag-iiba ko ng sasabihin "Bilisan mo na diyan para makabenta na ako!"

"Yes, ma'am!" sumaludo pa si Elton pero hindi nawawala iyung ngiti niya.

Ugh. Huwag ka nga ngumiti, Elton. Baka mahulog 'tong panty-este brief ni Lolo na suot ko.

"Althea,"

Nagsalita si Elton habang naglalakad na kaming dalawa.

"Ano?" inis kong tugon na hindi siya nililingon.

"I love you."

"Lul. Wala kang maloloko rito."

Tuloy lang ako sa paglalakad at hindi siya tinitignan dahil alam kong nakangiti pa rin siya.

"Althea," sabi niya ulit "Mahal kita. Mahal na mahal kita. I love you so much promdi girl."

Hindi ko mapigilan na hindi kagatin ang sarili kong labi habang sinasabi ni Elton na mahal niya ako.

Sumasakit ang dibdib ko sa tuwing naririnig ko iyon. Kung noon, ilang beses kong pinangarap na marinig mula sa kanya ang mga katagang iyun. Ilang beses ko pinangarap na sabihin niya sa akin na mahal niya ako kahit alam kong hindi iyon mangyayari. Ilang beses kong inimagine na ako ang mundo niya. Ako ang puso niya. Ako ang kaluluwa niya. Pero nabigo lang ako't nasaktan.

Pero ngayon, walang pakundangan na niyang sinasabi sa akin na mahal na niya ako. Na hindi siya susuko sa akin hanggang hindi kaming dalawa nagkakaayos. Mula ng dumating siya, hindi ko na mabilang kung ilang beses na niya sinabi ang I love you at mahal na mahal kita. Pero sa tuwing naririnig ko iyon, imbis na masaya ako, nasasaktan ako. Hindi ko kasi alam kung totoo ba o hindi.

Ang tangi ko lang sigurado ay hindi ko na kayang maniwala sa kanya. Papaano mo pa pagkakatiwalaan ang isang taong nagbigay sa'yo ng labis-labis na hinanakit?

Mahal? Ha! Eto dos bumili ka ng kausap mo.

Nang makarating na kami sa bayan ni Elton, huminto na ako sa paglalakad. Tumabi naman siya sa akin saka niya ibinaba sa harapan namin iyong box ng pande-suman. Tahimik lang akong nagmamasid sa mga taong dumadaan habang si Elton bigla na namang nagsalita sa tenga ko.

"I love you," sabi niya "I love you Althea Josefa Marinduque."

Pagharap ko sa kanya, masyadong malapit ang mukha niya sa akin. Ilang espasyo nalang ang namamagitan sa mukha naming dalawa at muli na namang magkakadikit ang mga labi namin.

Bigla akong lumayo saka tinulak ang pagmumukha niya.

"Mahal mo ako? Wahahahahaha!" sarkastiko akong tumawa saka biglang tumigil "Ang dami kong tawa. Mga piptipor. Ang galing mo palang mag joke, Elton. Hindi ka lang magaling manakit at magsibak ng kahoy. Magaling ka ring magbiro. Kung magaling kang mag-joke, ako naman magaling mag kwento ng pinakatangang bagay. Gusto mo marinig?"

Hindi siya sumagot. Nakatingin lang si Elton sa akin.

"Ano nga, gusto mo ba marinig ang pinakatangang kwento?" pag-ulit ko "Ang pinakatangang kwento ay nagsimula nung panahong minahal kita. The end. Laughtrip dizz no?"

Hindi kumibo si Elton. Nakatingin pa rin siya sa akin tapos bigla niyang iniiwan ang tingin niya.

"Hindi nakakatawa? Wala ka talagang humorness. Puro ka pwet. Tse."

"Alam mo, Althea," nagsalita si Elton pero hindi siya makatingin sa akin "Paano ko maitatama yung mga pagkakamali ko kung hindi mo ako hinahayaan na itama ang mga iyon? Paano ko maipapakita sa'yo na nagbago na ako kung patuloy mong pinamumukha sa akin iyung mga kamalian ko?"

Hindi ko na sinagot iyung tanong ni Elton dahil napansin ko na iyung unang customer na babae na papalapit sa gawin namin. Pero naguguluhan ako sa kanya. Hindi ko kasi alam kung bibili ba siya ng pande-suman ko o hindi. Kay Elton kasi nakatingin ang malalandi niyang mga mata.

"Magkano iyan?" sabi ng babae.

Tinuro pa niya ang lalagyan ng pande-suman pero kay Elton pa rin nakatingin ang gaga. Mukhang naglalaway na siya. Hala siya, oh. Titig na titig talaga siya. Pero si Elton 'di siya tinitignan.

"Alam mo ba kung ano 'to, 'te?" tanong ko.

Tumingin na siya sa akin, "Ay, hindi. Ano ba yan?"

"Pande-suman," sagot ko "Kapag kumain ka nito, matatanggal ang kalandian mo."

Napasimangot siya bigla, "Hindi ako kumakain niyan. Salamat nalang."

Tumalikod na siya tapos naglakad palayo. Pero nakatingin pa rin siya kay Elton.

"Hindi pande-suman kailangan mo, 'te!" sigaw ko "Alam mo kung ano? Vibrator!"

Bigla kong narinig na napatawa si Elton kaya galit ko siyang tinignan.

"Anong tinatawa-tawa mo diyan?"

"Hindi ka kasi makakabenta kung nang-aaway ka ng customer," sabi niya.

"Huwag mo kong pangaralan. Marunong akong magbenta," sagot ko "Sadyang malandi lang iyung unang customer. Imbis na nakatuon ang pansin sa pande-suman ko, sa'yo siya nakatingin. Mas gusto pa niya atang ikaw ang almusalin niya kaysa itong paninda ko."

Napataas ang kilay ni Elton pero nakangiti siya.

"Nagseselos ka?"

"Bakit naman ako magseselos, duh?"

"E, kasi ganyan ka makapag-react. Parang gusto mo sa'yo lang ako at ikaw lang ang mag-aalmusal sa akin ngayong umaga," ngumisi siya "Pwede naman e. Sabihin mo lang."

"Minsan nakakadiri ka kamo. Katulad ngayon."

Tawa lang ng tawa si Elton. Medyo napalakas pa ang tawa niya kaya napatingin sa amin iyung mga dumadaan lalong-lalo na ang mga kababaihan. Kitang-kita ko na nag korteng puso ang malalandi nilang mga mata ng makita nila si Elton. Ugh. Sabi na e. Dapat 'di talaga sumama tong bwisit na 'to.

"Magkano, pande-suman?" tanong ulit ng babaeng lumapit.

Pasulyap-sulyap siya sa akin saka kay Elton.

"Limang piso lang isa," sabi ko habang nakabusangot.

"Ang mahal naman," sabi ni babae "Wala bang tawad?"

"Pumunta ka ng simbahan," tugon ko "Doon ka humingi ng tawad."

"Funny mo, girl. I like you na!" sagot niya "Bibili ako ng lima. Bigyan mo ako ng discount."

"Sige," sabi ko saka sinupot ang limang pande-suman "Ito, oh. P25 lang."

Inabutan niya ako ng bayad, "Salamat sa discount!"

Nagpaalam na siya pero nakatingin pa rin siya kay Elton. Hindi niya napansin na may kanal sa harapan niya kaya bigla siyang natalisod. Umumpog pa yung mukha niya sa kalsada.

"Funny mo, girl. I like you na!" sigaw ko doon sa babaeng nahulog sa kanal.

Galit niya akong tinignan saka pinakyu. Pikon si ate niyo.

Muli ko na namang narinig na natawa si Elton.

"Hala! Nagalit siya sa'yo. Haha."

"Wala akong pakialam. 'Di ako natatakot sa kanya. Alam ko bahay nun. Tignan mo mamaya, susunugin ko," pagbabanta ko.

"Hindi naman kasi ganon pagbebenta, Althea. Huwag mo sungitan yung mga customer."

Napataas ang kilay ko. Pinapangaralan niya ba ako? E, kaya ko lang naman sinusungitan yung mga bumibili dahil wala ang atensyon nila sa akin kundi na kay Elton. Iyung mga mata nila parang mas nasasarapan pa sila kay Elton kaysa sa mga pande-suman ko. Okay, fine. May pandesal din si Elton sa tiyan niya. Pero, hello? Mas masarap at masuntansya kaya pande-suman ko.

"Ay, nagmagaling na siya," sarkastiko kong sabi "Bakit, anong alam mo sa pagbebenta?"

Proudness siyang napangiti, "Watch me, my promdi girl," kumindat pa nga ang animal.

Lumakad si Elton tapos humarang sa dalawang nanay na dumadaan. Yung dalawang nanay halatang nagulat sa biglaang pagsulpot ni Elton sa harapan nila pero agad din naman ngumiti. May sinasabi si Elton na hindi ko naririnig. Tinuro pa niya itong kinatatayuan ko. Yung dalawang nanay patango-tango lang. Hindi nawawala ang ngiti sa kanilang mga malalanding labi.

Sabay-sabay bilang pumunta sa gawi ko habang si Elton nakangiti sa akin.

"Pakibigyan sila nanay na magaganda ng 50 pieces," saad ni Elton. "50 pieces nga, ano?"

"Gawin mo ng 60 pieces, pogi," sagot ng isang nanay na kilig na kilig.

Napaikot nalang ako ng mata at binalot yung 60 pieces. Pagkatapos nun, nagpasalamat si Elton doon sa dalawang nanay kaya bigla silang namula. Hay, nako.

Sa mga sumunod na minuto, ganon ulit ginawa ni Elton. Humaharang siya ng mga taong dumadaan tapos ituturo ang paninda ko. Agad naman lalapit yung mga customer saka bibili ng pande-suman.

Yung ilan sa kanila may pag hampas pang ginagawa sa braso at tiyan ni Elton kapag tinatawag ni Elton na Ms. Beautiful at Ms. Ganda iyung mga customer. Kilig na kilig naman iyung puday nung mga babae. Halatang umaalis sila sa harapan ni Elton na basa ang mga panty nila.

"Anong nangyari diyan sa mata mo, pogi?" sabi ng isang customer. Hinawakan pa niya iyung kanang mata ni Elton "May pasa oh. Pero hindi naman nakakabawas sa kagwapuhan mo."

"Wala po iyan," magalang na sagot ni Elton "May babaeng sumapak lang."

"Babaeng sumapak?" sagot ni ate mong girl na patuloy pa rin sa paghimas sa mata ni Elton. Itong bwisit na Elton naman na 'to hinahayaan lang si ate mong girl na malandi "Kawawa ka naman."

"Ayos lang," ngumiti si Elton. Iyung ngiti niyang nakakabuntis "Sanay akong magtiis para sa kanya."

"Naks, mukhang maswerte ang babaeng 'to, ha. Halatang mahal na mahal mo."

"Hindi lang mahal na mahal," sumulyap sa akin si Elton "Kundi mahal na mahal na mahal sa paraang kaya kong magpasuntok sa kanya ng ilang ulit para lang masiyahan siya."

"Daming talk," aniya ko "Ito na 'te ang pande-suman mo. Mabilaukan ka sana."

"Ano sabi mo?" gulat na sabi ni ate mong girl na malandi na nga, bingi pa.

"Sabi ko, sana ma-enjoyness mo ang pande-suman ko."

"Ahhh," patango-tango si ate mong girl "Akala ko sinabi mo, bagay kami nitong si pogi e. Hihi."

"Lah," ang tangi kong naisagot.

Nagpaalam na si ate mong girl matapos niyang lumandi kay Elton.

Bago pa siya tuluyang umalis, kitang-kita kong kinurot pa niya ang pwetan ni Elton kaya biglang nagulat ang bwisit na Elton na 'to. Kunwari pa siyang nagulat. Halata namang gustong-gusto niyang kinakalantari siya sa harapan ko. Hindi ko mapigilan na hindi mapasimangot.

"Hinipuan niya ako," sabi ni Elton habang natatawa "Kawawa naman pwetan ko. Nakurot pa."

"Akala mo naman hindi niya gusto," pabalang kong sagot "E, enjoyness na enjoyness ka nga sa pakikipaglandian sa kanya sa harapan ko."

Tumingin sa akin si Elton. Tapos ngumisi na naman siya.

"Hindi ako nakikipaglandian. Ang tawag don, marking strategy. Kailangan ko iparamdam sa kanila na interesado ako sa kanila para maging interesado sila sa binebenta ko."

"Ah. Parang ginagawa mo lang sa akin?" aniya ko "Pinaparamdam mo sa akin na nagbago ka na at mahal mo ako para muli akong magpakatanga sa'yo?"

"Huwag mong ikumpara ang sarili mo sa kanila. Dahil alam mo kung ako ka para sa

akin. Ibang-iba ka sa kanila, Althea. Ibang-iba ka sa kanila."

"Alam na alam ko talaga na iba ako sa kanila," sabi ko habang nagliligpit "Sila kasi, nilalandi mo lang pero hindi mo sinaktan. E, ako? Nilandi mo noon tapos sinaktan mo nang bongga."

Nauna na akong naglakad palayo kay Elton. Napansin ko namang muli niyang binitbit iyung box tapos sumunod sa akin sa paglalakad. Hanggang sa paglalakad, pinagtitinginan talaga si Elton. Nag i-stand outness siya kaysa sa mga lalaking taga-baryo.

E, tanging short na black saka puting t-shirt lang naman ang suot niya. Mukha pa rin siyang anak-mayaman. Hindi tulad ng mga lalaking nakakasalubong namin na mukhang gusgusin.

Fridayness ngayon kaya hindi ko na pinaubos ang paninda ko. Kapag fridayness kasi, 8am ang turo ko sa simbahan. Tapos mamayang hapon naman, mangingisda ako saka magtitinda sa palengke.

Sasama pa kaya si Elton sa palengke mamaya? Jusko naman sana huwag na. Baka kasi magkita sila ni Zedrick. Hindi ko alam kung anong mangyayari kapag nakita nila ang isa't isa. Pero kung sumama man si Elton, sana wala pa rin si Zed. Dalawang araw ko na kasing hindi nakikita si Zedrick.

Mukhang busy sa Zoo na pag-aari nila sa kabilang bayan. Sa Zoo na iyon ipinanganak ang tatay nilang si Mr. Tsung Go. Charot lang!

Hindi Zoo ang kinaabalahan niya kundi mini-grocery sa kabilang bayan. Siya nagbabantay doon kapag tinatamad ang tatay niyang si Tsung Go. Kapag hindi ko nakikita si Zed sa palengke, ibigsabihin, nandun siya sa kabilang bayan para mag asikaso.

Napahinto ako sa paglalakad nang makita kong mapahinto si Elton. Nakatingin siya sa malawak na palayan na nasa gilid namin. Iyung araw nakatirik na pero hindi mainit sa balat ang sikat nito.

"Dito tayo nanghuhuli ng mga palakang bukid noon, 'di ba?" pagsasalita ni Elton.

Titig na titig lang siya sa malawak na palayan na parang may inaalala. Bigla rin siyang napangiti sa sarili niya na parang may masayang naalala.

Naalala niya marahil yung bigla akong nadapa at punong-puno ng putik ang pagmumukha ko noon. Hindi niya ako tumitigil sa pag-iyak noon kaya ang ginawa ng batang Elton 'e naglagay din siya ng putik sa mukha. Tapos nun, sabay kaming tumawa.

"Ang sarap bumalik sa pagkabata," sabi ni Elton "Sana kaya nating bumalik sa dati. Iyung mga panahon na mga bata palang tayong dalawa, Althea. Para puro kaligayahan

lang ang nararamdaman natin at wala tayong pakialam sa ibang bagay. Sana bumalik tayo sa dati. Yung panahon na kapag umiiyak ka, ako ang una mong nilalapitan para patahanin ka."

Napasulyap ako sa mukha ni Elton at kitang-kita ko iyung mga panghihinayang sa mukha niya. Hindi maiwasan ng puso ko na hindi mabasag sa malungkot niyang mukha.

"Sana nga, e." sagot ko "Sana pwede tayong bumalik sa pagkabata. Yung tipong tuhod ko lang ang nasasagutan at hindi puso. Yung tipong patawanin mo lang ako, makakalimutan ko na ang sakit."

Naglakad na ulit kami ni Elton na hindi nagkikibuan. Papaliko na kami nang muli siyang nagsalita.

"Saan na tayo? Uuwi na ba?"

Umiling ako, "Kung gusto mong umuwi na, umuwi ka na. May trabaho pa ako."

"Saan?"

"Sa simbahan. English teacher ako."

Biglang napaatras si Elton. Halatang hindi siya naniwala sa sinasabi ko.

"Anong ibigsabihin niyang pag-atras mong lintik ka?"

"English teacher ka. Hindi nga? Joke ba 'to?"

"Hindi. Alam mo kung ano ang joke?"

"Ano?" nagtataka niyang tanong.

"Yung sinasabi mong mahal mo ako," sagot ko "Dami kong tawa don. Mga 2."

Nakarating na kami sa simbahan ni Elton at dumiretso sa maliit na bahay sa gilid ng simabahan kung saan ang classroom na pinagtuturuan ko. Nauna akong pumasok. Naabutan kong nakaupo na ang mga bata sa mga kanya-kanya nilang silya habang nakikinig sa sinasabi ni Pader Solomon.

Si Pader Solomon ang kaplastikan kong pare rito sa simbahan. Marami iyang pangaral sa akin. Nung tinanong ko siya kung anong award niya noong nag-aaral pa siya ang sabi niya wala raw. Kaya ang sabi ko sa kanya huwag niya akong pangaralan. Ako dapat ang nag papangaral sa kanya dahil marami akong award noo. Ipapahiram ko sa kanya mga medals ko next time.

"Good morning, mga bata!" masayang bati ko sa mga bata.

Si Elton nasa may likuran at tahimik lang na nakaupo.

"Good morning, Pader," bati ko kay Pader.

"Magandang umaga rin, Althea," bati ni pader sa akin "May tanong ako,"

"Ano po yun, Pader?"

"Si Elton ba yang kasama mo ngayon?" nakangiti niyang tugon.

Bigla akong nagulat sa sarili ko.

"Paano niyo po nalaman? Friends ba kayo sa facebook?"

Natawa lang si Pader, "Hindi. Hindi ko lang makakalimutan kung paano tumingin si Elton sa'yo noong mga bata palang kayo. Pag pasok mo kasi dito, napansin ko iyang kasama mo. Napansin ko kung paano siya tumingin sa'yo. Katulad na katulad ng maliit na Elton noon."

"Nakilala mo, Pader, si Elton noon? Hindi ko maalalang nagkakilala kayo."

"Matagal na panahon na rin kasi iyon, Althea," sagot ni pader "Minsang nagpunta dito ang Lolo niya para mag donate ng malaking halaga. Kasama kayong dalawa nun. Tapos lumapit kayo sa akin. Ang sabi sa akin ni Elton nun, ako raw magkasal sa inyo kapag laki niyo. Ibigsabihin ba nito, tuloy ang kasal? Hindi ko inaakalang tutuparin ni Elton ang kasal na sinasabi niya."

Todo ngiti si Pader habang nagsasalita. Parang ang saya-saya niya nang malaman niyang si Elton ang kasama ko ngayon. Hindi ko alam ang isasagot ko sa tanong niya.

"Bakit ganyan reaction mo, Althea? May problema ba? May nasabi ba akong masama?"

Umiling ako, "Wala naman po, pader. Sadyang hindi lang matutuloy yung mga sinasabi niyo," sumulyap ako kay Elton na abala sa cellphone niya "Ibang-iba na po kasi yung panahon ni Thea at Ton-Ton sa panahon ni Althea at Elton ngayon. Marami na pong nangyari. Wala pong kasal na magaganap dahil may tao nang ayaw masaktan."

Binigyan ko nang matipid na ngiti si Pader pero siya todo titig lang sa akin.

Hinawakan niya ako sa balikat, "That's how humans are made of, Althea. We are made

of some mistakes and some correction," pag e-english niya "Maaaring ayaw na ng isa sa inyo na masaktan. Pero parte ng buhay ng isang tao ang masaktan tayo. Ang sakit na nararanasan natin ang nagpapatunay na buhay tayo at humihinga. Nagkakamali tayo kasi kailangan natin matuto."

"Hindi, pader," ako naman humawak sa balikat niya "Nagkakamali tayo kasi shunga tayo."

"Hindi, Althea," inihawak ni Pader ang isa pa niyang kamay sa balikat ko "Nagkakamali tayo kasi tao lang tayo. Nakakasakit tayo ng mahal natin sa buhay kasi kailangan natin makagawa ng maling desisyon para malaman natin ang tamang desisyon."

Inihawak ko rin sa kabilang balikat ni Pader ang isa ko pang kamay. Parehas namin hawak ang dalawang balikat ng isa't isa.

"Pader," aniya ko "Huwag ka mas marunong sa akin. Marami akong award nung nag-aaral pa ako kayo wala. Kaya huwag niyo akong pangaralan."

Natawa si Pader, "Althea, hindi kita pinapangaralan. Gusto ko lang sabihin na ang isang pusong nasugatan nang dahil sa pag-ibig ay magagamot lamang ng isang pag-ibig." sabi niya "Kitang-kita ko sa mga mata mo na nasaktan ka ni Elton. Hindi ko alam kung anong nagawa niya pero sigurado akong sising-sisi na siya doon. Kitang-kita ko kasi sa mga mata niya na mahal na mahal ka niya. Yung mga mata niya noong mga bata palang kayo hanggang ngayon hindi nagbabago. Siya pa rin yung Elton na nangako sa akin at sa Diyos na mamahalin ka habambuhay."

Magsasalita pa sana ako kaso naagawa ang pansin ko nang taong pumasok.

"Pader, dala ko iyung pinapadala ni Papa," sabi nito tapos biglang napatingin sa akin "Althea, akala ko wala kang turo ngayon. Dalawang araw kitang hindi nakita. Miss na miss na kita!!"

Tuwang-tuwa na sabi ni Zedrick sa akin tapos dali-dali siyang lumakad papunta sa gawi ko at yinakap ako nang mahigpit. Bigla akong napatingin kay Elton na napatayo na gulat at galit na nakatingin kay Zedrick habang yinayakap ako. Napayukom pa ng kamao si Elton.

"Althea, sorry kung hindi ako nakakapunta ng palengke. Busy lang ako."

"Ah, Zed. Okay lang. Pero kasi-"

Hindi ko na natapos ang sinasabi ko dahil biglang may humila kay Zedrick papalayo sa akin saka ito sinuntok nang malakas. Kitang-kita ko ang paglapat ng kamao ni Elton sa mukha ni Zedrick.

Napasigaw ang mga bata dahil sa gulat nang mapaupo si Zedrick sa sahig.

Ako naman, nanigas lang sa gulat. Bigla kong naramdaman na may humawak sa braso ko.

Pagtingin ko si Elton.

"Don't you dare hugging her. She's mine!" galit na sabi ni Elton kay Zedrick.

Si Zedrick naman hindi alam ang gagawin. Mukhang nahilo sa suntok ni Elton.

Napasulyap naman ako kay Pader kaya bigla akong naloka.

Nahimatay si Pader. Pero hayaan na siya. Kailangan ko pang sermonan ang Elton na 'to.

==========

Chapter 56

Last 4 chapters =)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 55.

Kung hindi siguro dumating ang ilang sakristan ng simbahan, nagkapalitan pa ng ilang suntok si Zed at Elton sa isa't isa. Ang sama-sama kasi nang tingin nila sa isa't isa kanina. Para bang handa nila akong ipaglaban dahil nga sobrang ganda ko talaga at hindi iyon nakaligtas sa kanilang mga mata.

Kaya nang dumating ang ilang sakristan, pinigilan na sila. Si Zedrick, isinama sa clinic ng simbahan para gamutin iyong gilid ng labi niyang dumudugo. Si Elton naman pinapunta doon sa office ni Pader para kausapin sa biglaan niyang pagiging beastmode. Mukhang gising na si Pader mula sa pagkakahimatay niya kani-kanina. Hinila lang kasi ito ng sakristan sa paa nang lumabas na sila.

Ayoko sanang magturo ngayon dahil wala sa modeness ang matalino kong utak. Kaso, nakakahiya naman sa mga batang nasa harapan ko na kanina pa andito at umaasang may makukuhang kaalaman mula sa matalinong tulad ko. Ang hirap na nga maging maganda, ang hirap pa maging matalino. Hay, nako. Saan ko nalang ba ilalagay ang sarili ko?

Kaya ito, nagtuturo nalang ako kahit na ang utak ko'y wala sa ulo ko. Nag-aalala ako sa kung ano pang pwedeng mangyari, e. Baka mamaya, andon naman sa harap ng altar si Elton at Zedrick magsuntukan. Hindi ko kakayanin kapag hindi ko napanood iyon. Makikipagpustahan pa ako kay Pader at sa mga sakristan kung sino ang mananalo. Kay Elton ako pupusta. Mas malaki kasi ang muscles niya sa braso saka mas matambok pwetan niya kaya tiyak siya ang mananalo.

"Teacher, ano po ang pandiwa?" tanong sa akin ng isang bata.

Binalingan ko siya ng tingin, "Aba, malay. Ano bang pake ko diyan sa pandiwa na yan?"

Napasimangot naman siya, "Hindi niyo po alam yun? Di ba po, teacher kayo? Ang teacher alam po iyon, 'di ba? Saka palagi niyo pong sinasabi sa amin na matalino ka e."

Aba. Kita mo 'tong batang 'to. Sumasagot ba sa mas nakakaganda sa kanya. Walang galang.

Nginitian ko siya kahit na gusto ko na siya ibitin patiwarik.

Speakingness of ibitin patiwarik, bigla ko tuloy naalala si student kong si Nicca. Kumusta na kaya iyong gaga na yon? Malandi pa rin ba? Haliparot? Nagpakamatay na kaya siya nang malaman niyang may girlfriend na si Klyde? Sana, oo. Para mabawasan na ang mahadera sa mundo. Charot lang!

Pero sana nga nag suicide na si gaga, no?

"Alam mo, Jocelyn—"

"Diyosalyn po pangalan ko, teacher," pagputol niya sa sinasabi ko "Hindi po Jocelyn."

Kalma lang, Althea. Huwag mong patulan. Bata iyan. Batang nakakainis.

"Oh, Diyosalyn. Alam mo, matalino akong tao. Pero kahit matalino ako, may hangganan ang pasensiya ko. Lalo na sa'yo. Gustong-gusto na kitang ipitin sa may pintuan. Gusto mo ba iyun?"

Umiling siya, "Hindi po. Ikaw, teacher, gusto mo ba iyun?" umiling din ako "Ayaw pala natin pareho, e. Bakit niyo po sinasabi, teacher? Saka po, bakit po iniiba niyo ang usapan? Hindi niyo ba alam ang sagot sa tanong kong, ano ang pandiwa?"

"Alam ko yan," pagmamayabang ko "Ang pandiwa ay bahagi ng pananalita. Ang pandiwa

ay ang mga salitang nagsasaad ng kilos o nagbibigay-buhay sa mga lupon ng mga salita."

"Bigay ka ng example, teacher," napa-crossed armness pa siya.

Sinusubukan talaga ng kutong lupa na 'to ang pasensiya ko. Grrrr.

Napaayos ako ng upo, "Ehem," umubo ako "Hinampas ni Althea sa mukha si Diyosalyn." sabi ko "Ang pandiwa sa pangungusap na sinabi ko ay hinampas. Gusto mo pa ba? Hinambalos ni Althea sa mukha si Diyosalyn. Pagkatapos nun, sinipa pa siya sa mukha at tinadiyakan sa tiyan."

"Ang galing," napapalakpak si Diyosalyn "Mukhang matalino nga talaga kayo, teacher."

"Aba, siyempre. Hindi ako nagsisinungaling, no. Plastic akong tao pero tapat 'to. Tularan si Althea."

"May next na tanong pa ako, teacher."

Napaikot ako ng mga mata. Punyets lang. Ang daming tanong ng kutong lupa na 'to.

Ano 'to, quiz bee?

"Sureness," aniya ko "Tanong ka lang hanggang kaya pa kitang tiisin."

Inirapan ako ni Diyosalyn, "Di ba po, ang pandiwa ay parte ng bahagi ng salita?" tumango ako "Ano pa po ang iba nitong bahagi? Kung matalino kayo, masasagot niyo iyan."

"Pang-uri," mabilis kong sagot. "Akala mo hindi ko alam yan, ha. Saulo ko yan, no!"

"Ano naman po ang pang-uri?"

"Ang pang-uri ay nag-uuri sa laki ng ari ng isang lalaki," aniya ko.

"Yun ba talaga yun, teacher?" hindi niya makapaniwalang sagot.

"Oo kaya. Maniwala ka sa akin, ako ang teacher mo," tugon "Kasama rin ng pang-uri ang pang-ukol. Ito naman yung tumutukoy sa lalaking malaki nang bukol. Tapos, pang-abay. Ito naman ang tumutukoy sa taong aabay sa kasal. Marami pa yang iba."

"Ano pa po?"

Hala siya, oh. Hindi talaga tumitigil sa pagtatanong. Kutusan ko na ba?

"Uhm, ano," nag-isip pa ako "Panghinang. Panghilod. Pangtubos. Pang-abuloy. Lahat ng may pang."

"Sigurado po kayo diyan, teacher?" hindi pa rin naniniwala ang kutong lupa.

Tumaas ang kilay ko, "Oo kaya! Tingin mo sa akin, bobo?"

Hindi ko na naintindihan iyung sinasabi niya dahil nakita kong sumilip si Zedrick sa bintana. Tumayo ako para lapitan siya pero agad akong napahinto nang marinig kong nagsalita si Diyosalyn.

"Saan kayo pupunta diyan, teacher? May tanong pa ako e."

"Dami mong tanong, Diyosalyn," inis kong sagot "Okay, class. May ipapagawa ako sa inyo. Magsulat kayo sa isang papel. Punuin niyo ah. Ang isulat niyo ay ang ganda ni teacher Althea."

"Hala, teacher. Bakit naman ganon?" pag-angal na naman ng kutong lupa si Diyosalyn.

Nginitian ko siya, "Dahil umaangal si Diyosalyn, itong board ang susulatan niya. Sulatan mo yan, Diyosalyn, ng ang ganda at ang smart ni teacher Althea. Kapag umangal ka pa, pati yung mga bulletin board doon sa loob ng simbahan papasulatan ko sa'yo. Gusto mo ba yun?" umiling siya.

Nagsimula na iyong mga bata sa pinapagawa ko habang si Diyosalyn naman nasa tapat na ng malaking blackboard na halatang nakasimangot. Ayan kasi. Kinakalaban niya ako. Mahirap pa naman kalabanin ang mga plastic dahil iba kami kung gumanti.

Nang nasigurado ko nang tahimik ang mga bata, lumabas na ako para puntahan si Zedrick. Naabutan ko siya na nasa gilid lang at nakasandal habang hinahaplos ang gilid ng labi niyang may dalawang band-aid na nakadikit. Feelingness ko mamamaga iyun. Kawawa naman ang mukha ng tsinoy na 'to. Ang kinis pa naman ng kutis niya. Hindi katulad ng kutis kong kutis putaragis.

"Wazzap?" nakangiti nitong pagsasalita. Sumingkit na naman lalo ang mga mata niya.

"Huwag mo kong ma-wazzap-wazzap diyan," sabi ko "Kumusta? Okay ka lang ba?"

Natawa siya, "Oo naman, no. Ako pa ba? Malakas ata 'to."

"Ha? Malakas? E, isang suntok nga lang sa'yo ni Elton tumumba ka na. Nahilo ka pa,

no? Ang lakas siguro talaga ng suntok niya sa'yo. Umalog ata ulo mo e."

"Naunahan niya lang ako. Hindi lang ako aware na nasa likod ko na siya kaya nasuntok niya ako. Pero kung aware ako, tingin mo, masusuntok niya ako? Aba, hindi ko siya aatrasan no."

"Weh?" saad ko "Hindi mo siya aatrasan pero kapag nagsuntukan talaga kayo, kay Elton ako pupusta."

Kumunot noo niya, "Bakit naman? It hurts my feelings."

"Natural, halata naman ikaw matatalo e. Nakita mo ba katawan niya? Walang-wala yang katawan mo, koya. Lalo na kapag naka-boxer lang iyon? Naku, baka mabakla ka."

"Asa naman na mabakla ako, Josefa."

"Pero sorry," marahan kong sabi.

"Sorry saan?"

"Sorry dahil sa pagsuntok ni Elton sa'yo. Sorry dahil kahit wala kang ginagawa, nasuntok ka nalang bigla. Sa totoo lang, hindi naman mabigat kamay nun e. Mabait naman iyun kapag tulog. Pero sinisigurado ko sa'yong wala lang siya sa katinuan kanina. Kaya pagpasensyahan mo na."

Napatitig sa akin si Zedrick sabay ngumisi.

"O, anong ibigsabihin nang pagngisi mo na iyan, aber?"

Umiling siya, "Wala naman. Ngayon lang nag sink-in sa utak ko na si Elton pala na iyun ang dahilan nang pag-iyak mo noong nasa bahay tayo. Iyong kinuwento mong unang pag-ibig mo?"

Napatahimik ako sa sinabi ni Zedrick. Halata naman na alam na niya kung sino at ano si Elton sa akin kaya hindi na kailangan na magsinungaling pa ako.

"Siya nga iyon," pag-amin ko "Nakakatawa, no? Pagkatapos niya akong paalisin sa mundo niya, ito ngayon siya, siya naman ang gumugulo sa mundo ko. Kung kailan nagsisimula na akong tanggapin sa sarili ko na wala na akong pag-asa sa kanya, siya naman ang lumalapit sa akin para sabihing may pag-asa pa sa aming dalawa. Pagtapos niya akong saktan, muli siyang magpapakita na para bang sa paliwanag niya lang 'e mawawala na iyong sakit na naidulot niya."

"Anong plano mo sa kanya? I mean, ngayon andito siya ngayon sa'yo? Nag-usap na ba kayo?"

Umiling ako at umiwas ng tingin, "Ano pang point nang pag-uusap, Zed?"

"Anong point? Edi para magkaliwanagan kayong dalawa."

"Magkaliwanagan? Para saan pa?" sagot ko "E, maliwanag na sa akin na ayoko na talaga."

Ang ganda ng kalangitan. Parang ako. Masyadong maaliwalas. Parehas kaming napatingin sa langit.

"Ayaw mo o natatakot ka lang?" sagot niya.

"Parehas," tugon ko "Ayoko dahil ayoko nang masaktan. Nakakatakot na ulit magmahal."

Tumingin sa akin si Zed. May maikling ngiti na sumilay sa labi niya.

"You're not scared to love again. You're just scared in the idea that he might hurt you again," pagmumura niya sa akin "Di ba, Josefa, sinabi ko sa'yo na gusto kita? Pero anong sagot mo?"

"Na hindi pa ako handang magmahal muli?"

Tumango siya, "That's right. Sabi mo hindi ka pa handang magmahal ulit. Pero sa tingin ko, hindi mo magawang magmahal ulit hindi dahil hindi mo pa kaya. Hindi mo lang kayang magmahal ulit dahil, after all, you're still in love with him. Paano mo ngang magagawang magmahal ulit kung may minamahal ka pa ring iba? Hindi mo kayang buksan ang puso mo sa iba kasi may nilalaman pa rin yan. Hindi mo ko kayang bigyan ng pag-asa kasi kahit hindi mo aminin, siya pa rin talaga."

Seryoso ko siyang tinignan, "Hindi sa ganyan, Zed. Hindi dahil sa mahal ko pa rin siya kaya hindi kita mabigyan-bigyan ng pag-asa. Hindi rin dahil mahal ko pa rin siya kaya ayaw ko pa munang magmahal ulit. Nasaktan niya ako, Zed. Hindi basta-bastang sakit ang naibigay niya sa akin. Sobrang sakit. Yung ultimo buong katawan ko sumasakit kapag naiisip ko siya. Tapos, sasabihin mo sa akin, mahal ko pa rin siya pagkatapos ng mga ginawa niya sa akin. Ano ako, tanga?"

"You're the biggest fool in the world when you're in love, Josefa," tugon niya "Hindi mo lang napapansin pero ako napansin ko. Iba iyung kinang ng mga mata mo ngayon kaysa noong wala pa siya dito. Kung noon, kahit tumatawa ka, walang buhay ang mga mata mo. Pero ngayon, kahit sinasabi mong hindi mo na siya mahal, iba ang sinasabi ng mga mata mo."

Iba raw ang sinasabi ng mga kyot kong mga mata. May bibig ba mga mata ko?

Labo rin ng tsinoy na 'to e. Doon ka nga sa china. Doon. Dooooonnnnnnnnn.

"Alam mo, Josefa, gusto ko lang sabihin na kung ano ang sinasabi ng puso mo, sundin mo yan. Mahirap mabuhay ng punong-puno nang pagsisisi," malungkot na ngumiti si Zedrick "You see, muntik akong magpakamatay nang dahil sa girlfriend ko, 'di ba? Nagawa ko yun dahil una, nagpakasal siya sa iba. Pangalawa, hindi man lang kami nakapag-usap. At alam mo ba ang pangatlo?" umiling ako "Pangatlo, kasi hindi rin ako gumawa ng paraan para magkausap kaming dalawa. I just let her go just like that. Hindi ko man lang inalam kung ano ang dahilan. Araw-araw na gumigising ako, nagsisisi ako. Mahirap mabuhay na may pagsisisi, Josefa."

Napatitig ako kay Zed. Kahit nakangiti siya, kitang-kita ko ang kalungkot sa ngiti niya at iyung pagsisisi na mga mata niya. Halata nga na hanggang ngayon, nagsisisi pa rin siya na hindi niya pinaglaban yung girlfriend niya. Hinayaan niya lang ito. Hinayaan niya lang mawala sa kanya.

Huminga ng malalim si Zed, "Kaya naiinggit ako kay Elton, Josefa. Kasi andito siya ngayon sa'yo, pinipilit niyang ibalik yung dating ikaw, yung dating siya, at yung dati kayo. Pinipilit niyang ayusin yung nasira sa inyo. E, ako? Wala na akong chance. Kasi wala akong lakas ng loob."

"Bakit mo ako pinipilit kay Elton, Zed?" nagtataka kong tanong "Hindi ba, sinabi mo, gusto mo ako? Joke lang ba iyun dahil mahal mo pa ang girlfriend mo at ginagawa mo lang akong panakip butas? Hindi ba dapat mas sinasabi mo pa sakin na huwag ko na siyang balikan at ikaw nalang piliin ko?"

"Hindi sa ganon," seryoso niyang sagot "Hindi sa ginagawa kitang rebound. I'm just saying na, kahit ipilit ko ang sarili ko sa'yo, wala pa ring saysay. Alam natin pareho na si Elton pa rin ang pipiliin mo in the end. Wala rin akong panama kay Elton, Josefa. Damang-dama ko kasi pagmamahal niya sa'yo kahit nakatingin lang siya sa'yo. He was looking at you as if you're his everything. Anong panama ko sa taong ikaw ang tinuturing na mundo ngayon?"

"Ewan ko sa'yo. Wala ka talagang sense kausap!" sabi ko saka ko kinurot ang ilong niya.

"Ouch—aray ko, Josefa. Masakit. Nagagalaw ang sugat ko!" pagrereklamo ni Zedrick sa akin.

Napatigil lang kaming dalawa ni Zedrick sa pagkukulitan nang makita naming pareho si Elton na lumabas ng simbahan. Napatingin siya sa aming dalawa ni Zedrick nang panandalian tapos bigla siyang napayuko at nagtuloy-tuloy sa paglalakad. Mukhang nakita niya iyung pagkurot ko sa ilong ni Zedrick at pagtatawanan naming dalawa.

Hindi na lumingon si Elton sa aming dalawa. Nagtuloy-tuloy na lang siya sa paglalakad hanggang sa mawala na siya nang tuluyan sa paningin namin. Pero kahit ganon, tumatak na sa isipan ko yung mga mata ni Elton habang nakatingin sa aming dalawa ni Zedrick.

Yung mga mata niya punong-puno ng kalungkutan at inggit. Parang malungkot siya dahil kaming dalawa ni Zedrick nakakapag-usap at nagkakapagkulitan pero kaming dalawa palaging nauuwi lang sa pag-aaway. Naiinggit siya kay Zedrick na tipong, parang sa mga oras na 'to, hinihiling niya na sana siya si Zedrick para nalalapitan niya rin ako na hindi ko siya tinutulak palayo.

Naramdaman ko na namang nawasak ang puso ko dahil sa mga naiisip ko. Hindi ko lang sigurado kung nawasak ba ito dahil naaawa ako kay Elton o dahil nung mga sandaling iyun, kawawa talaga siya? Para siyang bata na napahiya sa maraming tao. Walang ibang magawa kundi yumuko at umalis nalang palayo sa mga taong nakatingin sa kanya.

Napaisip tuloy ako kung anong pinag-usapan nila ni Pader? Sinermonan kaya siya? O, baka naman nagpa-add si Pader sa facebook ni Elton? Saka nagpa-followback siya sa twitter?

"Pathetic," narinig kong bulong ni Zedrick habang nakatuon pa rin sa nilabasan ni Elton.

"Pathetic?" pag-ulit ko.

Tumingin sa akin si Zed saka tumango, "Oo, pathetic. Kawawa 'yung itchura niya. Napansin mo ba?"

"Hindi e," pagtanggi ko.

"Pero mas pathetic ka," napataas ang kilay ko sa sinabi ni Zedrick "Nakakaawa ang ginagawa mong pagpapanggap na hindi mo na siya mahal kahit mahal mo pa. Josefa, kung ayaw mo na talagang bumalik sa kanya, andito pa ako. Kaya kitang pasayahin. Pero iyun nga lang, hindi sa paraan kung paano ka niya papasayahin. Alam naman kasi natin pareho kung sino ang lubos na magpapaligaya sa'yo and it's too obvious na hindi ako 'yun."

Nag-unat ng mga braso si Zedrick saka naglakad na siya nang bahagya papunta sa kotse niyang nakaparada. Bago siya sumakay, huminto muna siya at muling tumingin sa akin.

"Just picture this, Josefa," pagsasalita ulit niya "What if, napagod na si Elton sa kakasuyo sa'yo. What if, umalis ulit siya for good. What if, makahanap siya ng ibang babae. Yung babae na tatanggap sa kanya sa paraang hindi mo siya tinanggap. Yung babae na mamahalin niya ng lubusan sa paraang kung paano ka niya minamahal ngayon. What if, you would finally realized that you can't live without him but it's too late now. Late na kasi nung panahon na pilit niyang inaayos ang namamagitan sa inyo, hindi mo siya binigyan ng chance? What if, you'd regret everything?"

Hindi ako nakasagot sa mga tanong ni Zedrick. Isa-isa kasing pumasok ang ideya sa isipan ko sa mga tanong niya. Bigla kong naisip na umalis na si Elton sa buhay ko tulad ng gusto ko at muli siyang bumalik kay Kendall Jenner. Bigla kong naisip na

mahalin na ulit ni Elton si Miley Cyrus dahil masyado akong pabebe kaya nagsawa na siya. Bigla kong naisip na kung kailan readyness na ako na pakinggan siya sa mga sasabihin niya pero huli na ang lahat para sa amin.

Bigla kong naisip na ikakasal na si Elton kay Angelina Jolie imbis na ako ang nasa posisyon niya. Dahil nung mga panahon na nagmamaakawa sa akin si Elton hindi ko siya pinagbigyan. Ramdam na ramdam ko ang pagkadurog ng puso sa mga ideyang iyon. Ang sakit. Sobrang sakit.

Masakit na muling bumalik sa buhay ko si Elton kung saan unti-unti ko nang inaayos ang sarili ko. Pero mas masakit pala ang ideyang mapunta si Elton sa iba ganung andito na siya sa harap ko pero hindi ko naman siya binibigyan ng pagkakataon na patunayan ang sarili niya.

"Scary, isn't it?" muling nagsalita si Zedrick "Regret is a part of life but you can avoid living with it."

Tapos sumakay na si Zedrick sa sasakyan niya saka nagmaneho paalis sa harapan ko.

Naiwan akong tulala sa mga pinagsasabi ng tsinoy na yun.

Natulala ako dahil aalis na nga lang siya, pinagmumura niya pa ako.

Napapikit nalang ako at hinilot ng ilang beses ang ulo ko dahil bigla itong sumakit.

Sumasakit din ang puso ko kaya hinilot ko nang ilang beses ang kaliwang dibdib ko. Nakapikit ako habang hinihilot ko ang kaliwanang dede ko kung nasaan ang puso nang bigla akong mapulat. Pagmulat ko, nasa harapan ko na ang mga batang estudyante ko. Nagtataka sila sa ginagawa ko.

"Teacher, bakit niyo po hinihimas dede niyo? Makati ba?" tanong ni Diyosalyn.

Pasimple ko nalang siyang kinotongan at pumasok ulit sa classroom.

Makati ka diyan? Masarap kaya. Charot!

**

Pagkatapos kong magturo ng napakalupit at pangmatalinong aralin sa mga students ko sa simbahan, umalis na ako at naglakad pauwi sa bahay-kubo ko. Habang naglalakad ako pauwi, hindi ko maialis sa isipan ko iyung mga pinagsasabi ni Zedrick sa akin kanina. Kahit ayoko na iyun isipin, para itong sirang plaka na paulit-ulit sumasampal sa mukha ko. Nakakainis na Zedrick yun. Dapat pala hindi yun nasasapak e. Kung anu-ano kasi ang mga pinagsasabi. Bwisit!

Nagiging indenial lang ba talaga ako sa totoo kong nararamdaman? Hindi ko kasi talaga alam. Ayoko nang pakinggan iyung mga gustong sabihin ni Elton pero nung sinabi ni Zed ang mga what if chuchu na iyun, mas natakot ako sa ideyang bigla na naman mawala si Elton at muli niya akong iwan.

Hindi ko na talaga alam kung ano ba talaga ang dapat kong gawin. Ang sakit sa ulo magmahal. Ang sakit sa puso masaktan. Ang sakit kapag hindi naubos ang tinda mong pande-suman. Ang sakit kapag naisip ko na ikakasal si Elton sa ibang babae ganong sa akin niya iyon ipinangako. Pero anong ginagawa ko ngayon? Hindi ko binibigyan nang pagkakataon si Elton na magpaliwanag.

Totoo nga marahil iyong sinabi ni Elton na mas iniintindi ko ang sakit na nararamdaman ko. Hindi ko na naisip na pati rin naman siya nasaktan sa mga nangyari at sa mga ginagawa ko ngayon. Kung titignan mo maigi, noong nasa mansion pa ako, alam kong nahihirapan si Elton. Nahihirapan siya kung sino ang pipiliin niya sa aming dalawa ni Tyra Bank. Mula noon din naman, nasasaktan na rin siya. Hindi lang ako. Parehas kaming nasasaktan.

Sige, sabihin na natin na, makikinig ako kay Elton. Papakinggan ko yung mga paliwanag niya at magkaayos kaming dalawa. Paano kung hindi iyon mag work-out? Paano kung magsawa sa akin si Elton? Paano kung. . .paano kung naisip niya na si Jennifer Lopez pala talaga ang mahal niya? Anong mangyayari sa akin? Masasaktan na naman ako. Paano ko aayusin ang sarili ko kapag nangyari ulit ang nangyari dati? Anong bahagi ng pagkatao ko ang una kong pupulitin kapag nawasak ulit ako?

Oo, alam ko. Alam kong hindi masakit ang pagmamahal. Hindi masakit na magmahal ulit. Ano ang masakit? Yung ideyang anong mangyayari sa'yo kapag natapos ang kwento niyong dalawa. Masakit yung unti-unti mo siyang aalisin sa sistema mo kahit na bahagi na siya ng pakatao mo. Hindi masakit ang pagmamahal. Ang masakit? Yung babalik ka sa dating ikaw bago mo siya makilala. Pero, impossible na magawa mo iyon. Paano mo maibabalik ang dati mong sarili kung wasak ka na?

Napahinto ako sa paglalakad nang nasa tapat na ako ng bahay kubo ko. Kahit ayokong maalala, bigla kong naalala ang lugar na ito. Dito sa lugar na 'to una kong nakilala si Elton noong mga bagets palang kaming dalawa. Yung kinain niya ang gawa kong suman tapos na-ospital siya. Yung eksenang kahit na-ospital siya nang dahil sa akin, nakangiti pa rin siya sa akin nang makita niya ako.

"Sabi mo kapag kinain ko yung suman mo, ngingiti ka na. Bakit umiiyak ka pa rin ngayon?"

"Kasi. . . kasi naospital ka nang dahil sa akin. Dapat hindi mo na kinain yung suman e."

"Ayos lang ako. Huwag ka na umiyak. Mas gusto kong nakikita kang nakangiti e."

"Hindi ka galit sa akin?"

"Hindi. Bakit naman ako magagalit sa'yo? Kaya smile ka na."

Napailing-iling nalang ako saka pumasok na sa loob ng bahay-kubo ko.

Pagpasok ko, naabutan ko si Elton na nakaharap sa laptop niya. Hindi niya ako napansin dahil nakatagilid siya sa gawi ko. Tutok na tutok din siya sa laptop niya habang nakangiti. Bigla akong may narinig na boses ng babae. Boses ni Manilyn Monroe. Masaya silang nag-uusap dalawa.

Nanikip na naman ang dibdib ko nang makita kong nakangiti si Elton. Yung klase ng ngiti na hindi ko naibibigay sa kanya. Kaya nagtataka ako kung bakit andito siya sa akin ngayon e.

Dumaan ako sa likod ni Elton na hindi nagsasalita. Dumiretso ako sa kusina para uminom ng tubig. Narinig kong nagpaalam na siya sa kausap niya. May I miss you pa nga ang ulaga.

"Kung namimiss mo siya, bakit hindi mo siya puntahan? Imbis na nag-aaksaya ka ng oras dito, bakit hindi nalang siya ang puntahan mo? Para hindi mo siya ma-miss?" malamig kong pagsasalita.

Shitness. Bakit pa ako nagsalita? Dapat nanahimik nalang ako e. Pake ko ba sa kanila?

Sinarado ni Elton ang laptop saka tumingin sa akin.

"Andito ako dahil ikaw ang kailangan ko." sabi niya "In case, nakakalimutan mo. Ikaw ang mahal ko kaya andito ako. Pero ano nga bang pakialam mo. Ano nga bang pakialam mo sa nararamdaman ko? E, in the first place, you did nothing but to push me away. Althea, hindi ka ba napapagod?"

"Hindi ako napapagod na ipagtulakan ka hanggang sa mawala ka na ng tuluyan."

Nagkatitigan kaming dalawa ni Elton. Nagsukatan ng tingin. Hanggang sa makita ko na naman yung kalungkutan sa mga mata niya ngayon. Yung kalungkutan na nakita ko kanina nang makita niyang nagkukulitan kaming dalawa ni Zedrick. Ganon na naman ang mga mata niya.

Gusto kong bawiin yung sinabi ko. Pero walang gustong lumabas na salita sa bibig ko.

"Ganito ka ba talaga kagalit sa akin? Wala na ba akong ibang magagawa para hayaan mo akong patunayan ang sarili ko sa'yo? Para pakinggan mo lahat ng sasabihin at paliwanag ko, Althea?" malungkot niyang pagsasalita. Basag na ang boses ni Elton. "Kasi, Althea, ang hirap e. Alam mo yun? Nahihirapan na ako. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Hindi ko na alam kung sa paanong paraan kita kakausapin o lalapitan. Kada, lapit ko sa'yo, tinutulak mo lang ako palayo."

Hindi ako makapagsalita. Nananatili akong pipi.

Tumayo si Elton saka tumalikod at tumingala. Pagtingin niya sa akin, nakita kong naluluha na ang gilid ng mga mata niya. Halu-halong emosyon na naman ang nakikita ko. Pero nangingibabaw ang kalungkutan at hinanakit na nararamdaman niya.

"Althea, hindi mo alam kung gaano kita gusto lapitan. Wala kang ideya kung gaano kita gusto yakapin. Halikan. O, sabihin sa'yo na mahal kita. Wala kang ideya kung gaano ko pinipigilan ang sarili ko na huwag kang ikulong sa mga bisig ko. Ngayon na naaalala ko na ang lahat. Hindi mo alam kung gaano kahirap sakin 'tong sitwasyon natin. Kaya kong magtiis, Althea. Pero may hangganan ang lahat. Napapagod din ako," napahinto siya.

Napapikit si Elton. At sa muli niyang pagmulat, kitang-kita ko na tumulo na naman ang mga luha niya mula sa mga malulungkot niyang mga mata.

Umiiyak na naman siya. Umiiyak na naman si Elton sa harapan ko.

"Kung ganito kita nasaktan at hindi mo talaga ako kayang patawarin. Handa akong lumayo sa'yo at hindi na magpakita pa. Sabihin mo lang, Althea. Lalayo na ako sa'yo kung gusto mo."

Pagtapos magsalita ni Elton, tumalikod na siya at lumabas ng bahay-kubo.

Naiwan akong tulala sa kawalan. Naramdaman ko nalang na umiiyak na naman ako.

Napaiyak na naman ako nang dahil kay Elton. Pero hindi ko siya pwedeng sisihin. Sa oras na 'to kasi, kasalanan ko 'to. Kasalanan kong ang pabebe ko masyado.

Nagpalipas muna ako ng ilang minuto bago gumalaw at naghanda na para mangisda. Paglabas ko ng bahay-kubo wala si Elton sa labasan. Pero nasa bakuran pa rin naman ang kotse niya. Ibigsabihin hindi siya umalis. Pumunta lang siya kung saan para magpalamig ng ulo.

Habang naglalakad ako, napatingin ako sa mga taong nagkukumpulan sa may niyogan. May ilang magsasaka doon na nakatayo sa may mataas na puno ng niyog. Hindi ko sana sila papansinin dahil snob nga ako sa personal pero nang makita ko si Elton na nasa gitna na ng mataas na puno ng niyog at umaakyat, bigla akong napatakbo papunta sa kinaroroonan nila.

"Hoy, Elton! Bumaba ka nga diyan!! Baka mahulog kang tulungis ka!!" sigaw ko sa kanya habang nakatingala pero hindi siya sumagot. Mukhang hindi niya ako narinig. Masyado kasi siyang mataas.

"Althea, kilala mo ba yang si pogi?" lumapit sa akin si Mang Berting. Isa sa

magsasaka.

"Opo. Bakit niyo hinayaan na umakyat yan, Mang Berting? Walang alam yan sa akyatan niyog!"

Hindi ko maialis sa sarili ko na hindi mainis. Jusko. Ka-stressness naman 'tong mga 'to.

Natawa lang si Mang Berting, "E, makulit si pogi e. Sabi niya kailangan daw niya nung niyog pangpandesuman. Ayoko sana pumayag kaso nabanggit niya ang pandesuman. Kaya naisip ko na kilala mo 'to at hinayaan ko na siya," paliwanag niya "Tinuruan ko naman siya kung paano siya aakyat. Binalaan ko rin siya na mahangin kaya kumapit siya mabuti."

"Kahit na, Mang Berting! Hindi yan taga dito sa probinsya. Hindi yan sanay sa mga ganyan!"

Tapos humangin ng malakas kaya napatingin ako kay Elton na nasa mataas na talagang parte.

"HOY ELTON! BWISIT KA! BUMABA KA DIYAN!!" sigaw ko sa kanya.

Napatingin na sa akin si Elton mula sa taas. Ngumiti lang ito sa akin. Saka na niya tinuon ang pansin niya sa pagkuha ng niyog. Kabadong-kabado ako habang kumukuha siya ng niyog. Pakiramdam ko kasi mahuhulog siya dahil sa lakas ng hangin. Mabuti nalang nakakapikit maigi ang kaliwang kamay niya. Napasigaw ako nang biglang umalog ang puno ng niyog.

"ANO BA, ELTON! BUMABA KA NA SABI E! KAPAG MAY NANGYARI SA'YONG MASAMA AKALA MO DADALHIN KITA SA OSPITAL? MANIGAS KA!!"

"BABABA RIN AGAD AKO! KUKUHA LANG AKO NG DALAWANG NIYOG!" sigaw naman niya saka hinagis paibaba yung isang niyog na nakuha niya. "ISA NALANG! GAMITIN NATIN 'TO PANGPANDESUMAN MO BUKAS. TURUAN MO KO KUNG PAANO!"

Tinuon na ulit ni Elton ang pansin niya sa pagkuha ng niyog. Huminga nalang ako ng malalim at hinayaan siya sa buhay niya. Ang tigas ng ulo niya kaya bahala siya.

Tumalikod na ako at muling naglakad. Nakailang hakbang palang ako nang marinig kong magsigawan sila Mang Berting kasabay ng malakas na pagkalabog. Parang may kung anon a nahulog mula langit. Nag echo sa tenga ko yung malakas na pagkalabog na narinig ko.

Yung ilan sa mga kasama ni Mang Berting narinig kong nagmura ng pagkalutong-lutong. Tapos para silang nagkakagulo. Nagsisigawan. Wala na akong ibang marinig kundi ang lakas ng tibok ng puso ko. Pakiramdam ko, biglang naglambot ang dalawang tuhod ko. Alam kong namumutla na ako.

Panandalian akong nanghina kasabay ng pagkabingi . Parang wala akong ibang marinig na tunog sa paligid. Tanging malakas na pagtibok ng puso ko lang ang naririnig ko.

Kahit natatakot ako, nilaksan ko ang loob ko. Dahan-dahan akong lumingon kila Mang Berting. Nakita kong nagkakagulo na sila. Hindi alam ang gagawin. Nawala bigla sila sa sarili nila.

Nakatitig ako sa kanila nang mapatingin ako sa pinagkakaguluhan nila. Una kong nakita ang dugo. Ang daming dugo na nagkalat sa lupa. Parang may nasugatan.

Ayoko na. Ayoko nang tignan ang susunod na makikita ng mga mata ko.

Pero kahit ayoko makita, napatingin pa rin ako.

Mas lalo akong nanlambot sa nakita ko.

Nakita ko si Elton, nakahandusay na sa lupa.

Nakasarado na ang mga mata niya. Wala na siyang malay.

Habang naliligo ang ulo niya sa sarili niyang dugo.

==========

Chapter 57

Last 3 chapters! =)

Comment pls. HEHEHE

Play Never Say Never by The Fray.

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 57.

Wala na ako ideya sa mga sumunod na nangyari. Pagkatapos kong makita si Elton na nakahandusay at wala ng malay habang yung lupang hinihigaan niya ay naging kulay pula na dahil sa daming lumabas na dugo mula sa ulo niya, naging blangko na ang utak ko. Nawala na ako sa sarili ko. Ang tangi ko nalang sigurado ay hinding-hindi ko makakalimutan yung eksena na yun. Katulad nang hindi ko pagkalimot kung gaano ako kaganda at kung gaano kalakas ang aking alindog.

Hindi ko alam kung paano kami nakarating sa malapit na ospital sa baryo at kung sinu-sino kila Mang Berting ang nagsugod kay Elton sa emergency room. Nakaupo lang ako sa harap ng emergency room habang tulala. Nanginginig ang dalawang kamay ko sa 'di ko alam na dahilan.

"Althea! Althea!" may tumatawag sa pangalan ko pero hindi ko siya pinapansin.

Mas lalong lumakas ang panginginig ng kamay ko nang maalala ko yung itchura ni Elton kanina. Ang taas na puno ng niyog ang kanyang pinagbagsakan kaya natural lang na ganon karaming dugo ang lumabas sa ulo niya. Mababuhay kaya siya? Ikamamatay niya ba yung ganoong kataas?

Ayokong isipin na posibleng may mangyaring masama sa kanya pero hindi ko iyun maalis sa isip ko. Marami ng namatay sa baryo dahil nahulog sila sa puno ng niyog. Ang ilan sa kanila ay hindi na umabot sa ospital dahil grabeng pagkabugbog ng ulo ang kanilang natamo.

Ganon ba mangyayari kay Elton? Lalabas ba sa pintuang nasa harapan ko ang doctor na nagsusuri kay Elton para sabihing hindi na nila nailigtas ang buhay ni Elton? Hindi ko na ba siya ulit makikita? Ang huling pag-uusap ba namin ay ganun-ganon nalang? Puro awayan pa ang nangyari?

"Althea!" patuloy pa rin akong tinatawag. Marahan na rin akong inaalog ng kung sino.

Napayuko ako itinakip ang mga kamay ko sa aking mukha. Hindi ko na alam kung anong emosyon ang nararamdaman ko ngayon. Halu-halong emosyon ang bumabalot sa akin. Kaba, takot, at kung anu-ano pa. Parang may kung anong nakabara sa lalamunan ko at gusto kong umiyak na hindi ko lang magawa. Hindi ko mailabas ang mga luha kong kanina ko pa gusto ilabas.

"What if, you would finally realized that you can't live without him but it's too late now. Late na kasi dahil nung panahon na pilit niyang inaayos ang namamagitan sa inyo, hindi mo siya binigyan ng chance? What if, you'd regret everything?"

"Scary, isn't it? Regret is a part of life but you can avoid living with it."

Biglang umalingawngaw sa tenga ko yung mga salitang sinabi sa akin ni Zedrick sa

simbahan.

Nakakatakot.

Nakakatakot nga talagang mabuhay na may pinagsisisihan ang isang tao.

Nakakatakot isipan na tama si Zed dahil nagsisisi na talaga ako na hindi ko hinayaan si Elton na magpaliwanag. Nagsisisi na ako na hindi ko siya binigyan ng chance tulad ng paulit-ulit niyang pinapakiusap sa akin. Ilang beses ba siyang nagmakaawa sa akin? Pero hindi ko yun pinansin.

Natatakot ako sa isang ideya na mawawala na si Elton sa akin ng tuluyan. Nakakatakot 'yung mundong tinitirahan ko na walang Elton. Hindi ko ma-imagine ang isang mundong wala na akong makikitang Elton na nakasimangot. Elton na nakangiti. Elton na tumatawa. Elton na sinasabing mahal na mahal ako. Elton na kahit nahihirapan na sa akin, hindi pa rin sumusuko.

Palabas na sana ang mga luha ko nang bigla silang tamarin dahil biglang bumukas ang pintuan ng emergency room. Iniluwa nito si Doc na seryoso ang mukha.

"Kayo ba ang nagdala sa pasyente?" tanong nito sa amin.

Hindi ako sumagot dahil wala akong mahalukay na salita. Si Mang Berting ang nagsalita dahil sa mga oras na 'to ay mahadera siya.

"Kami nga hoh, Doc," sagot nito "Anong lagay ng binata?"

"Masyadong malala ang natamong pinsala ng paseyente. Nabagok ang ulo niya. Nalamog ang likuran niya. Hindi rin biro yung nawalang dugo sa kanya. Hindi ko sinasabing maayos na ang pasyente kahit nadala niyo siya agad dito bago mahuli ang lahat." aniya ng Doctor.

"Magiging okay ba siya?" tanong ulit ni Mang Berting.

"Magiging okay siya as soon maisagawa ang operation sa kanya. Kailangan niyang operahan dahil na-misaligned ang spinal cord niya. Kailangan din i-check nang maayos ang ulo niya para malaman kung may iba pa bang natamo ito bukod sa labis nitong pagdugo."

"O, bakit hindi niyo na simulan, Doc?" entrada ng kasama ni Mang Berting.

Binalingan siya ng tingin ni Doc, "Aware naman kayo na nasa probinsya tayo kaya hindi sapat ang mga machines dito. Hindi advance ang technology ng ating provincial hospital kaya hindi ko maisasagawa ang mga iyon. Kakailanganin mailipat ang pasyente sa Manila sa lalong madaling panahon. Hindi ko alam kung hanggang kailan makakapaghintay ang katawan ng pasyente pero dapat na siyang mailipat sa

manila para ma-check ang ulo niya."

"May sasakyan ba kayo na pwedeng ipang-transfer sa pasyente?"

Napailing-iling sila Mang Berting. Bigla silang nanahimik na parang nag-iisip.

"May alam po ako," nagsalita ako."Tatawagan ko lang po ang Lolo niya."

Ayaw pa sanang gumalaw ng mga paa ko dahil sa sobrang panlalambot pero pinilit ko. Nang makalabas ako ng ospital, kinuha ko sa bulsa ko ang cellphone ko at tinawagan ang number ni Lolo A. Nakailang-ring muna ito bago sinagot ng matanda.

"Hello, Althea, apo? Napatawag ka?" galak na galak ang boses ni Lolo A "Kumusta? Anong atin? Nagkaayos na ba kayo ni Elton Alexander? Uuwi na ba kayo rito?"

Kumirot ang puso ko nang marinig ko ang masayang boses ni Lolo A. Nanuyo ang lalamunan ko. Hindi ko alam kung paano sasabihin sa kanya ang masamang balita tungkol sa apo niya.

"Althea, andiyan ka ba? Bakit hindi ka nagsasalita? May problema ba?"

Humugot ako ng malalim na buntong hininga, "Lolo. ."

"Bakit? Bakit ganyan boses mo? Umiiyak ka ba? Ano ang nangyari? Pinaiyak ka na naman ni Elton Alexander? Naku, yang bata na 'yan talaga malilintikan na sakin e. Itinuro ko ang probinsya niyo kasi lumuhod yan sa harapan ko at nagmakaawa na sabihin kung nasaan ka. Nangako rin siya na hindi ka na sasaktan at iuuwi ka niya dito sa manila para pakasalan. Pero, sinaktan ka na naman pala? Naku, Elton Alexander. Humanda ka sakin kapag uwi mo."

Naramdaman ko nang tumulo ang luha ko nang marinig ko mula kay Lolo na lumuhod si Elton sa harap niya para lang malaman kung nasaan ako. Na-imagine ko 'yung eksena na yun kaya naramdaman ko na namang nabasag ang puso ko sa milyong piraso.

"Lolo," sabi ko habang humihikbi "Na. . .naaksidente po si Elton."

"Ano?" napasigaw si Lolo mula sa kabilang linya "Bakit? Anong nangyari sa apo ko?"

"Nahu. . .nahulog po sa puno ng niyog. Lolo, ang daming dugo. Wala siyang malay. Kailangan daw siyang ilipat sa manila para masuri nang maayos at maoperahan. Lolo, kasalanan ko ang lahat. Kasalanan ko 'to, Lolo. Kung hindi ko lang siya sana inaway kanina. . .edi sana hindi siya umalis sa bahay at hindi nangyari ang lahat ng ito. Lolo, sorry. Ako. . .ako ang may kasalanan nito."

"Althea, apo. Kalma. Huwag kang umiyak. Hindi gusto ni Elton na umiiyak. Kalma,

okay? Huminga ka nang maayos. Huwag mong isipin na kasalanan mo 'to dahil sigurado akong hinding-hindi ka sisisihin ni Elton sa nangyari," kalmado ang boses ni Lolo A pero halata ang kaba niya "Sabihin mo sa akin kung ano ang kailangan gawin at agad akong pupunta diyan."

Kinalma ko ang sarili ko. Habang humihikbi, sinabi ko kay Lolo A ang mga kailangan niyang malaman. Sinabi niyang pupunta agad siya dito. Gagamit daw siya ng helicopter na pag-aari nila.

Bago matapos ang tawag, nag sorry ulit ako kay Lolo A ng ilang beses. Pero, hindi pinatigil niya ako sa pag so-sorry ko. Hindi ko raw kasalanan ang nangyari. Wala raw ako dapat ikahingi ng tawad.

Hindi na ako pumasok sa loob ng ospital at tumambay nalang sa labasan.

Naisip kong balikan yung sinabi ni Lolo. Sinabi niyang hindi ko ito kasalanan pero alam ko sa sarili kong kasalanan ko ito. Kung hindi lang sana naging sarado ang puso't utak ko sa paliwanag ni Elton, walang aksidente ang mangyayari. Kung sa unang araw palang sana na dumating siya dito ay pinakinggan ko na siya, hindi mapupunta sa piligro ang buhay niya.

Kasalanan ko ang lahat ng ito. Kapag may nangyaring masama kay Elton, hindi ko talaga mapapatawad ang sarili ko. Hinding-hindi. Habangbuhay ko itong dadalhin kahit saan ako mapunta.

Hindi pa lumilipas ang isang oras, nakarinig na agad ako ng malakas na tunog ng isang helicopter.

Pagtingala ko sa langit, may nakita akong helicopter. Kulay puti ito at hindi ordinaryong helicopter na nakikita madalas sa langit. Medyo malaki ito at may dalawang main rotor blade.

Napatingin ang mga taong nasa labasan ng ospital nang bumaba ang helicopter sa malawak na bakuran ng ospital. May nakita akong letter na nakasulat sa helicopter. Letter F ito.

Anong meaning ng F? Fretty? Fabulousness? Famous? Hindi ko alam.

Bumukas ang pintuan ng helipcopter at inuluwa nito si Lolo A at si Sir. Fernando na nasa likuran niya. May lumabas ding tatlong lalaking nakaputi.

"Lolo A!" pagtawag ko sa matanda.

Napalingon ito mula sa kinatatayuan ko at mabilis akong nilapitan. Yinakap ako nang mahigpit ni Lolo saka niya tinanong kung nasaan si Elton.

"Nasa bahay po. Nagkakape." aniya ko.

Nagulat si Lolo, "Ha? Akala ko ba naaksidente siya?"

"Naaksidente nga po. Kaya malamang, nasa loob siya ng ospital. Tapos tatanungin mo pa, Lolo, kung nasaan siya? Ay, baka nasa bukid at nagtatanim ng palay. Pagkatapos niya kasing mahulog sa puno ng niyog, naisip niyang maging magsasaka nalang. Bored daw kasi siya."

Tawa nang tawa si Lolo sa sagot ko, "Laughtrip dizzz ka talaga, apo. Na-miss ko 'yan!" tumingin si Lola A kay Sir. Fernando na nasa gilid niya "Alam mo na gagawin mo, Ferds."

Tumango lang si Sir. Fernando saka niya itunusan 'yung tatlong lalaki na nakaputi na sumundo sa kanya. Pumasok silang apat sa loob ng ospital para siguro kunin si Elton.

"Lolo, sorry," paghingi ko ulit ng tawad.

Pinisil ni Lolo ang kamay ko, "Apo, hindi mo ito kasalanan. Walang may gusto sa nangyari. Hindi magugustuhan ni Elton na sinisisi mo ang sarili mo dahil sa nangyari sa kanya."

"Pero, Lolo, totoo bang lumuhod siya sa harapan mo para lang malaman kung nasaan ako?"

Ngumiti si Lolo A saka sumagot, "Oo, apo. Ginawa talaga ni Elton yun. Nasa may library kami ng mga business partners ko nun nang pumasok siya. Yung isang business partner ko, inalok si Elton na pakasalan yung anak niya. Pinangako pa nito na ibibigay kay Elton ang kompanya nila."

"Talaga po? Ano pong sinabi ni Elton?"

"Sinabi niya na 'I'm so sorry but I cannot do that. There is one only girl that I want to marry since I was young. Kaya kung kailangan ko siyang pakasalan sa lahat ng simbahan para lang pumayag siyang pakasalan ko siya, gagawin ko.'" todo ngiting sabi ni Lolo.

"Pagkatapos nun, lumuhod si Elton Alexander sa harapan ko. Wala siyang pakialam kahit nakikita siya ng ibang tao. Nagulat nga mga business partners ko dahil kilala nila si Elton na walang kahinaan. Pero nung araw na yun, nakita nilang naging desperado si Elton Alexander,"

Nagpatuloy si Lolo A sa pagkukuwento.

"Habang nakaluhod siya, ang sabi niya sa akin 'Lolo, I've never wished for

anything. Hindi ako humingi ng kahit ano sa'yo. I've became good businessman because you wanted me to. I did it because I wanted you to proud of me. But please, just this one. I want to be proud of myself. I want to marry, Althea. I want to fulfill our promises. I want to have a family with Althea. I want to make her happy. So, please, tell me where she is. Please, Lolo. I need to get my heart back.'"

Pinisil ni Lolo ang kamay ko, "Althea, never in my entire life I've seen Elton like that. Nung araw na yun lang. He was known for being tough person but you become his weakness." saad ni Lolo "Kaya huwag ka nang umiyak. Iyan ang kahinaan ni Elton. Kapag umiiyak ka, pati siya nasasaktan."

Napatigil lang ang usapan naming dalawa ni Lolo nang makita naming lumabas na sila Sir. Fernando ng ospital habang tulak-tulak nila ang kamang hinihigaan ni Elton. Huminto sila sa tapat namin.

"Everything okay?" tanong ni Lolo A.

"Yes, sir. We settled everything here."

Habang nag-uusap si Lolo A at Sir. Fernando, napatitig ako sa mukha ni Elton. Para lang siyang mahimbing na natutulog habang may nakalagay na oxygen mask sa bibig niya. Napasinghap ako nang makita ko 'yung mahabang sugat niya sa ulo. Bagong tahi lang ito kaya kitang-kita pa.

Marahan kong hinaplos ang mukha ni Elton, "Elton, sorry."

Hinawakan ako ni Lolo A sa balikat, "Kulit ng apo ko. Sinabing hindi mo kailangan mag-sorry."

"E, Lolo, kasalanan ko naman kasi talaga ang lahat."

"Bakit?" aniya niya "Ikaw ba yung puno ng niyog na pinaglaglagan niya?"

Napailing ako, "Hindi po."

"Kaya huwag ka mag-sorry dahil hindi ikaw iyun. Huwag mo akuin ang hindi mo kasalanan."

Aba, ginagantihan ako ng matanda ah. Yari ka sakin mamaya.

Ipinasok na si Elton sa loob ng helicopter. Ako naman nagpasalamat kila Mang Berting. Nag sorry din sila sa akin pati kay Lolo A na kung hindi lang daw nila pinayagan si Elton na umakyat sa puno ng niyog, hindi daw sana ito mangyayari lahat.

"Bakit? Kayo ba ang punong pinaglaglagan ni Elton?" tanong ko kay Mang Berting. Umiling siya "O, hindi naman pala e. Kaya huwag kang mag sorry dahil hindi kayo yun. Huwag niyong akuin ang hindi niyo kasalanan, Mang Berting."

"Line ko yan, apo, ha!" pag singit ni Lolo A.

"Edi creditness!" saad ko kaya napa-laughtrip dizz na naman ang matanda.

Isinama ako ni Lolo A papuntang manila para raw sa pag gising ni Elton ay agad akong makita. Gusto ko sanang magpaiwan kaso ayaw ni Lolo A. Tiyak daw kasi sa pag gising ng apo niya, ako agad ang hahanapin nito. Sumama na rin ako para naman ma-experienceness ko ang helicopter.

Magkatabi kaming nakaupo ni Lolo A habang nasa tapat namin si Sir. Fernando na may mga binabasang papeles at yung tatlong lalaking nakaputi na may chini-check kay Elton.

Si Lolo A naman mukhang busy din dahil nakaharap siya sa laptop niya. Pero pagsilip ako, akala ko tungkol sa trabaho ginagawa. Hindi pala. Nag do-dota lang pala ang matanda.

"Ferds, first kill!" masayang tugon ni Lolo A kay Sir. Fernando.

Tumingin si Sir. Fernando kay Lolo A, "Naks!" aniya nito saka nag thumbs up pa.

"Matulog ka muna, apo." baling sa akin ni Lolo A.

Umiling ako, "Ayoko po. Hindi naman ako inaantok."

Bahagya akong lumapit kay Elton at hinaplos ang buhok niya.

"Hayaan mo," bulong ko rito "Kapag gumising ka, aayos na natin ang lahat-lahat. Hindi na ako magiging matigas sa'yo. Papakinggan na kita, Elton. Lahat ng sasabihin mo, papakinggan ko na. Sasabihin ko na rin sa'yo yung mga salitang gusto mong marinig. Kaya dapat. . .dapat maging ayos ka, ha. Huwag mo dapat ako iiwan. Marami ng nasayang na panahon sa atin. Kailangan na natin bumalik sa dating tayo. Yung si Thea at Ton-Ton. Yung si Promdi Girl at San Goku. Kung gusto mong magpakasal agad tayo, okay lang sa akin. Basta. . .basta huwag mo lang akong iiwan."

May tumulong luha ko sa pisngi ni Elton kaya pinunasan ko ito.

Dinampian ko rin ng marahang halik ang pisngi niya.

Habang nasa himpapawid kami, ang dami na namang tumatakbong kung anu-anong mga

negatibong bagay sa utak ko. Hinawakan ko nalang tuloy ang kamay ni Elton at hindi ito binitawan. Hindi ko dapat isipin yung mga ganong bagay. Alam kong hindi ako iiwan ni Elton.

Naging mabilis lang ang byahe namin papunta sa manila. Bumaba ang helicopter malawak na rooftop ng isang mataas na building ng ospital. Paglabas namin, may naghihintay na agad na ilang nurse. Agad nilang kinuha si Elton at itinakbo ito papuntang emergency room para muling masuri.

Nasa tapat kaming tatlo nila Lolo A at Sir Fernando ng emergency room at naghihintay. Taimtim lang akong nagdadasal na sana maging ayos lang si Elton. Habang si Lolo A naman nag do-dota pa rin. Napapamura pa ang matanda sa tuwing matatalo siya. JUSKO. Pwede pasapok?

Nasa ganon kaming eksena nang may makita akong lalaking tumatakbo papunta sa gawi namin. Napasinghap ako nang makita ko yung mukha niya. Kamukha siya ni Elton pero mas matured lang. Magkaiba lang sila ng hairstyle ni Elton pero magmukha talaga sila.

Parang nakita ko na ang mukha ng lalaking 'to. Saan ko ba siya nakita? Naging ex ko ba 'to?

"Lolo, kumusta si Elton?" sabi nito nang huminto sa tapat namin.

Huminto si Lolo sa paglalaro saka tumingin sa gwapong lalaki, "Nasa emergency room pa siya. Nasaan na si Klyde at Klode, Erwin?"

Erwin? UMAYGAD! Siya si Erwin! Yung nawawala! Nakita na siya. Kaya pala ang pogi-pogi dahil may dugong falcon si koya. Okay na ako sa kanya kapag nawala si Elton. CHAROT!

Kalma. Charot lang yun. Kayo naman highblood agad.

Pero, seryoso. Okay na ako kay Erwin kung sakaling hindi mabuhay si Elton.

Charot lang talaga. Hinding-hindi ko ipagpapalit si Elton, no.

"Si Klyde, malapit na raw. Si Klode papunta na. Traffic lang daw," sagot nito saka tumingin sa akin at ngumiti "Hi, Althea. I'm Erwin. Nice meeting you."

Inabot pa nito ang kamay niya sa akin at nakipag handshakeness.

"Kilala mo ako? Fan ba kita?"

Natawa siya, "Sino ba namang hindi makakakilala sa'yo 'e bukambibig ka ng utol ko."

"Ay, akala ko, fan kita," aniya ko saka nakipag shake handness.

Nang matapos kami mag shake handness ni Erwin, pasimple kong inamoy ang kamay ko.

Uhm. . .ang bango naman po.

"Althea, pwede mo ba ako samahan sa canteen? Samahan mo ako bumili ng coffee."

"Sureness," aniya ko "Ano bang kape?"

"Yung vending machine lang sana. Kung wala, kahit nasa pack."

"Kapeng nasuntok, ayaw mo?"

Natawa lang si Erwin, "May sayad ka nga talaga katulad ng sabi ni Elton," tumingin siya kay Lolo "Lolo, punta lang kaming canteen."

Tinaas lang ni Lolo A ang kamay niya at hindi niya tinignan si Erwin. Busy kasi ang matanda sa laptop. Ipapakain ko sa kanya yan tignan niyo lang.

Naglakad na kami paalis ni Erwin papuntang canteen. May nakita siyang vending machine kaya nag coffee nga siya tulad ng gusto niya.

"Gusto mo rin ba?"

Mas gusto kita. Char!

Umiling ako, "Hindi na. Matagal na naman ako gising sa katotohanang mahal ko pa rin si Elton."

Inaya ako ni Erwin na umupo muna bago bumalik kila Lolo A. Gusto niya raw ako masolo—este makausap na kaming dalawa lang.

"So," paninimula niya "Kumusta kayo ng kapatid ko?"

"Hindi pa rin okay."

"Bakit? Hindi pa ba kayo nagkausap mula nang puntahan ka niya?"

Umiling ako, "Hindi pa. Naging matigas kasi ang ulo ko. Akala ko, puro

kasinungalingan lang sasabihin niya. Natatakot na naman kasi akong umasa. Na-trauma na ako sa mga sakit na naidulot sa akin ng kapatid mo. Naisip ko na, wala ng punto kahit mag-usap pa kami. Sabi ko kasi sa sarili ko na okay na ako kahit wala siya sa buhay ko. Pero ngayon, hindi pala. Hindi pala ako okay. Hinding-hindi. At alam kong hinding-hindi ako magiging okay kapag nawala siya sa akin."

"I see," ngumiti lang si Erwin "Alam mo ba nung mga bata palang kami ni Elton, tahimik lang yan? Hindi yan palasalita. Ako pa palagi ang unang lalapit diyan para lang maglaro kami. Pero hindi siya madalas makipaglaro. Lagi niyang tinutuon ang sarili niya sa pag-aaral.Parang may gustong patunayan. Siya kasi yung tipo ng tao na kapag sinabi niya, gagawin niya talaga."

"Madalas kami mag bakasyon sa US nun. Pero si Elton nagpapaiwan kay Lolo. Mas gusto niya raw mag bakasyon sa probinsya para makita yung batang babae na gusto niya. Kaya tuwing bakasyon, palagi siyang nandun. Palagi siyang masaya kapag andon siya." nakikinig lang ako "Sinabi sa akin ni Elton nun na kailangan niya raw maging matalino at maging magaling na businessman para raw maging proud yung batang babae kapag nagpakasal na sila. Gusto niya raw na bumuo ng pamilya kasama yung batang babae na yun kasi wala na raw yun mommy and daddy."

"Minsan, niloko ko siya. Sabi ko, sasabihin ko kay Lolo na sa akin ipakasal yung batang babae na yun. Galit na galit sa akin si Elton. Pinagsusuntok niya ako. Hindi niya ako kinausap. Huwag na huwag ko raw gagawin yun kung ayaw ko raw kalimutan niya ako na Kuya niya."

Natawa si Erwin. Yung tawang may masayang naalala.

"Fast forward, nawala ako ng ilang b'wan pero kinuwento sa akin ni Elton lahat-lahat. Kung gaano ka niya nasaktan at napaluha. Sising-sisi siya nun, Althea. Kung makikita mo lang siya nung mga panahon na wala ka sa mansion, maaawa ka sa kanya. Palaging tulala. Palaging malalim ang iniisip. Minsan, umiiyak pa yan. Althea, never ko nakitang umiyak si Elton noong maliliit palang kami. Tapos, makikita ko pa siyang umiiyak kung kailan malalaki na kami. Unbelievable."

"Hindi ka niya agad pinuntahan kasi busy siya sa pag-aayos sa sarili niya. Dumaan siya sa ilang treatment para maalala niya yung mga alaala niyo na nakalimutan niya. Araw-araw, lumong-lumo si Elton. Sobrang miserable ang buhay niya nang unti-unti ka niyang maalala. Lahat-lahat naalala na niya. Kung gaano ka niya kagusto. Kung gaano ka niya kamahal. Kaya sising-sisi siya nung panahon na nasa harap ka na niya, pero wala siyang ginawa."

"Hindi ko 'to sinasabi, Althea, dahil kapatid ko si Elton," tumitig sa akin si Erwin "Sinasabi ko 'to dahil alam kong mahal na mahal ka talaga ng utol ko. Hindi siya magiging ganito kung hindi lamang sa'yo. Mas mahal ka pa niya kaysa sa sarili niya at sa aming mga kapatid niya. Kaya, kung may chance, bigyan mo sana siya. Kahit kaunti lang. Pangako ko sa'yo, hindi na yun sasayangin ni Elton."

Naramdaman kong napaiyak na naman ako sa mga sinabi ni Erwin.

Kaya pala. Kaya pala hindi agad ako napuntahan ni Elton dahil naging busy siya sa

pag-aayos sa sarili niya. Akala ko dahil busy siya kay Miley Cyrus. Pero. . ganito pala?

Gusto kong patayuan ng rebulto ang sarili ko sa pagiging tanga.

Kaso wala akong pera. Ipon muna.

Hinayaan niya lang akong umiyak nang umiyak hanggang sa makita ko si Lolo A na tumatakbo papunta sa aming dalawa ni Erwin. Seryoso ang mukha nito at namumutla.

Parang may ibabalitang hindi maganda. Kumabog tuloy ng mabilis ang puso ko.

"Lolo, bakit ka tumatakbo?" napatayo si Erwin. Halatang kinakabahan din.

Huminto si Lolo A sa harap namin na naluluha.

Tumingin siya kay Erwin tapos sa akin. Parang ayoko marinig ang gusto niyang sabihin.

Dahan-dahan umiling si Lolo, "Althea, wala na siya. Hindi na nakaya ng katawan ni Elton yung nangyari sa kanya. Masyado na maraming dugo ang nawala sa kanya. Hindi na siya naisalba." pagsasalita nito na hindi ko maintindihan. Para akong biglang nabingi "Wala na si Elton, Althea."

Wala na akong marinig. Wala na akong maramdaman.

At tangi ko nalang alam ay biglang gumuho ang mundo kong wala ng Elton na kasama.

==========

Chapter 58

Last 2 chapters! =)

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC

Chapter 58.

Mula noong namatay si Lolo kong apat lang ang ngipin na puro bagang pa, tinatak ko sa isip ko na ayoko na ulit maranasan iyung ganong bagay. Iyong bang may aalis sa buhay mo na malapit sa'yo. Iyong bang hindi mo na siya makikita at makakasama pa. Iyong bang hindi mo na siya masisilayan sa paggising mo sa umaga. Iyong bang mag-isa ka nalang sa buhay mo dahil wala na siya.

Kaya nang sinabi sa akin ni Lolo A na wala na si Elton, iyong takot ko sa pagnanaw ni Lolo ko noon ay biglang bumalik. Pero sa mga oras na ito, mas masakit siya. Mas nakakatakot. Hindi ko na alam ang dapat kong maramdaman. Biglang namanhid ang buo kong pagkatao. Nagdilim bigla iyong mundong ginagalawan ko. Wala na ako ibang makita kundi ang kagandahan ko.

Prettyness ko talaga foreverness.

Wala na akong ideya kung gaano na ako katagal humahagulgol. Mula talaga nang dumating ako rito sa ospital kanina, umiiyak nalang ako. Mas naiyak pa ako lalo nang sabihin ng matandang Falcon na wala na si Elton. Parang nagkaroon ng sariling buhay ang kyot kong mga mata dahil sa pagluha.

Kulang na nga lang pati iyong apdo at balun-balunan ko ay ilabas ko na rin e. Nakakaiyak talaga. Huhuhuhu. Hindi ko na 'to kaya mga 'te. Hindi ko kayang paniwalaan iyong sinabi ni Lolo A.

"Althea, apo, tigil na." pagpapatahan sa akin ni Lolo A.

Kanina niya pa ako pinapatahan sa pag-iyak pero ayoko siyang pansinin. Hindi nakakatuwa iyong sinabi niya kanina. Halos mahimatay na ako don, no. Lakas ng loob niyang sabihin na wala na si Elton at iniwan na ako ng matambok na pwet na iyon ng tuluyan. Feelingness niya nakakatuwa siya? Buhay niya kaya tapusin ko, no? Tutal naman matanda na siya e.

"Kayo naman kasi, Lolo, ano bang pumasok sa isip niyo at nagbiro kayo ng ganon?"

Sinermonan ni Papa Erwin si Lolo A. Nakaupo kaming dalawa ni Lolo A sa harapan ng emergency room habang nasa gilid ko naman si Papa Erwin at nakatayo. Si Sir.

Fernando hindi ko alam kung nasaan siya nagsuot. Wala na akong planong alamin dahil hindi naman mahalaga ang character niya sa kwentong ito. Extra lang siya, no. Pasalamat nga siya may mga lines pa siya.

Napakamot ng ulo si Lolo A, "Joke-joke lang naman mga apo. Kayo naman masyadong seryoso."

"Maraming pwedeng ibiro, Lolo, tapos iyon pa? In all joke that you could have made, talagang iyong pang patay na si Elton? Buhay pa 'yung kapatid ko Lolo pero pinapatay niyo na."

Kalmado lang ang boses ni Papa Erwin pero halata ang pagkainis sa boses niya. Ito rin kasing matanda na'to akala niya funnyness siya palagi e. Hindi na lang manahimik at magdota sa tabi.

"Sorry na nga apo e," nakanguso na saad ni Lolo A "Althea, apo, sorry din."

Lalo akong umiyak dahil sa pag sorry ni Lolo sa akin. Kahit binawi na niya kanina iyong sinabi niyang wala na si Elton at ang totoo ay hindi pa tapos ang operasyon na isinasagawa sa kanya, hindi ko pa rin kayang tumigil sa pag-iyak. Kakaibang takot kasi ang naidulot sa akin nun.

"O, paano niyo ngayon papatahanin yang si Althea, Lolo? Kayo talaga kung minsan hindi nag-iisip e," tumingin sa akin si Papa Erwin "Althea, tama na sa pag-iyak. Hindi magugustuhan ni Elton na umiiyak ka. He's strong. Pangarap ka niyang mapakasalan kaya I'm sure, mabubuhay siya."

Naiiyak akong tumingin kay Papa Erwin, "Talaga ba, Papa Erwin?"

Ngumiti siya saka tumango, "Yeap. I know he can make it."

Agad akong tumayo saka yumakap nang mahigpit kay Papa Erwin. Mukhang nagulat siya sa ginawa ko pero wala naman siyang sinabi. Binaon ko nalang ang mukha ko sa matigas na dibdib ni Papa Erwin. Habang umiiyak, sinisinghot ko rin ang mabangong pabango niya. Yinakap ko rin siya nang mahigpit kaya ramdam na ramdam ko ang matipuno niyang katawan.

JUSKO. Halatang yummyness din ang katawan Papa Erwin dahil ramdam ko ang muscles niya. Kung hindi talaga makayanan ni Elton 'to, okay na ako kay Papa Erwin. Pero sana makayanan ni Elton 'tong operasyon sa kanya. Pero kung hindi, ayos lang. Andito naman si Papa Erwin e. Charot!

Nakayakap pa rin ako nang mahigpit kay Papa Erwin nang maramdaman kong hinahaplos niya ang buhok ko. Pilit niya akong pinapatahan. Akala niya siguro ay umiiyak pa rin ako. Wala siyang kaide-ideya na kanina pa ako tumigil sa pag-iyak at abala nalang ako sa pagsinghot ng mabango niyang katawan. Grabe. Ang bango-bango niya talaga. Ang muscles pa sa katawan pak na pak.

Hindi ko na napigilan ang sarili ko kaya napahawak na ako sa pwetan ni Papa Erwin. Pinisil ko rin ito ng ilang beses. Matambok din siya infairness. Tapos biglang nanigas ang buo niyang katawan.

"Did you. . .did you touch my butt?" tanong niya nang humiwalay ako sa kanya at muling umupo.

"Hindi no," pagtanggi ko "Bakit ko naman hahawakan pwetan mo?"

"Ohh," napakamot-kamot ng ulo si Papa Erwin "Nevermind." tapos ngumiti siya.

"Apo," bumulong si Lolo A sa akin "Nakita kita. Pinisil mo pwetan niya."

"Huwag mo kong husgahan, Lolo. Hindi mo alam ang pinagdadaanan ko."

"Hindi naman kita hinuhusgahan, apo."

"Lolo, punta lang ako sa lobby. Gonna make a call. Kanina pa nagtetext si Jewel e." sabi ni Papa Erwin habang hawak ang cellphone niya.

"Sure," aniya ni Lolo A "Sabihin mo rin kay Jewel ay dumalaw sa bahay."

"I will," sagot ni Papa Erwin saka na siya lumakad palayo.

Ngiting-ngiti na umalis si Papa Erwin. Kakaiba iyung klase nang pag ngiti niya simula nang banggitin niya iyong pangalan nung Jewel. Sino kaya iyon?

"Lolo, sino si Jewel?" tsismosa kong tanong kay Lolo A.

"Girlfriend ni Erwin, apo," masayang tugon ng matanda.

"E? 'Di ba, Kwinnie ang pangalan ng girlfriend niya? Bakit naging jewel?"

"Basta maraming nangyari apo. Sa tatlong b'wan na nawala ka, maraming nangyari sa buhay ng mga apo ko," pag kuwento niya "Si Kwinnie iyong girlfriend ni Erwin bago siya nawala. Tapos si Jewel naman iyung babaeng nag-alaga sa kanya dun sa lugar na napuntahan ni Erwin."

"Ahhh," napatango-tango ako "Ano ba naman yan. Akala ko single si Papa Erwin."

Natawa si Lolo A, "Bakit, apo? Gusto mo rin ba si Erwin?" aniya niya "May Elton ka na nga tapos gusto mo pa ang kuya? Huwag naman ganon, apo. Hindi pwedeng sa'yo

nalang lahat mapunta ang mga apo ko. Maraming babaeng nangangailangan sa Falcon Brothers kaya isa-isa lang dapat apo. Huwag ka masyadong sugapa, okay? Huwag kang selfish. Kung hindi ka naman smart."

"Ah, talaga ba?" sarkastiko kong sagot "Edi okay. Bakit ba tayo nag-uusap, Lolo? Galit nga pala ako sa'yo. Don't talk to me when your mouth is full, Lolo."

"Laughtrip dizz," tumawa si Lolo A "Hindi naman puno ang bibig ko, apo."

"Kapag pinakain ko sa'yo 'tong inuupuan natin mapupuno yang bibig mo."

Tawa lang ng tawa si Lolo A sa tabi ko kaya hindi ko na siya pinansin.

Taimtim nalang akong nagdasal na sana maghiwalay na si Papa Erwin at Jewel. Charot lang. Taimtim nalang akong nagdasal na sana maging okay ang operasyon na sinasagawa kay Elton ngayon. Nasabi ni Lolo A kanina na inooperahan na raw ang spinal chord ni Elton dahil iyon daw ang naapektuhan ng grabe mula sa pagkakahulog niya sa puno ng niyog.

Humanda talaga sa akin yang puno ng niyog na iyan e. Pag-uwi ko sa probinsya, puputulin ko yan. Wala akong pakialam kung sino nag mamay-ari nun. Kapag pinigilan ako ng may-ari, ipapakain ko ng buong-buo sa kanya iyong puno ng niyog. Nang dahil sa bwisit na iyon, nasa piligro ang buhay ni Elton bhe ko. Hindi ko sila mapapatawad kapag may nangyaring masama sa kanya.

Nagpaalam sa akin si Lolo A na lalabas muna saglit para magpahangin. Tawagin ko nalang daw siya kung lumabas na ang doctor ni Elton. Naiwan akong mag-isa sa tapat ng emergency room.

Habang mag-isang naghihintay. May narinig akong tumawag sa gilid ko.

"Althea!" aniya nung tumawag. Alam ko kung kaninong boses iyon.

"Klyde!" sigaw ko saka agad tumayo at yumakap sa kanya.

"Woah. Na-miss kita!" yumakap din nang mahigpit sa akin si Klyde "How are you? I didn't see you for the past three months. Akala ko nakalimutan mo na ako."

Ngumiti ako, "Imposibleng makalimutan kita. Ikaw lang ang playboy na nakilala ko sa tanang buhay ko e," tumawa kami parehas "Grabe, Klyde. Parang lumaki ata ang katawan mo?"

Ngumisi si Klyde, "Of course. Nagpapalaki talaga ako ng katawan. Mas lalo rin ba akong gumwapo?"

"Uhm pwede na," sagot ko saka tumawa.

Napatigil lang ang pagtawa ko nang may babae akong napansin na nasa gilid ni Klyde. Kasama niya ito dumating pero hindi ko lang pinansin kasi nga snob sa personal at plastic akong tao.

Tinitigan ako ng masama nitong babae. Mukha siyang maldita. Hindi naman siya pretty. Yung buhok niya katulad ng buhok ni Dora. Nakasuot din siya ng makapal na salamin. Nerdy type ang gaga. Pakiramdam ko may pagka-bitchyness 'tong babaeng 'to. Tinataasan niya kasi ako ng kilay.

Hindi rin nakaligtas sa akin iyong masama niyang pagtitig sa akin nang magyakapan kaming dalawa ni Klyde sa harapan niya. Parang sampung beses na niya akong pinatay sa isipan niya.

"Sino siya, babe?" aniya nitong babaeng pangit saka humawak ng mahigpit sa braso ni Klyde.

Napaatras naman ako ng bahagya dahil sa ginawa niya. Parang pinapamukha niya sa akin na pag-aari niya si Klyde kaya mag back-offness na ako kung gusto ko pang mabuhay.

"She's Althea," sagot ni Klyde sa babae "She's my soon to be sister in law."

"Hi, Althea," nginitian ako ni gaga. Pero plastic na ngiti lang iyon. "I'm Keeshia. I'm Klyde's girlfriend." gusto kong sabunutan 'tong babae na 'to. Pero natigilan lang ako dahil sa narinig ko.

Girlfriend ni Klyde 'tong babaeng betty la fea na 'to? Itong babaeng older version ni Dora na maldita at may pagka-bitchyness, girlfriend ni Klyde? Talaga ba?

"Girlfriend?" tanong ko kay Klyde.

"Yeah," mahinang sagot ni Klyde saka siya napaiwas ng tingin.

"Yung totoo babae," tinuro ko si gaga "Paano nangyari 'to?"

"Oh? Hindi ba kapani-paniwala?" tumingin 'to kay Klyde tapos sa akin "I just confessed to him. I said I wanted to date him. Then, pumayag siya. The end."

"Hindi ako naniniwala," aniya ko "Hindi ako pala-husga pero iyang mukha na yan idi-date nitong si Klyde? Plus ang maldita mo pa? Yung totoo, anong pinakain mo sa kanya?"

"Wala akong pinakain sa kanya. It's fact. Kung ayaw mo maniwala, edi huwag. As if,

I care about your stupid opinion. Duh?" inikutan pa ako ng mga mata.

"Stop it, Keeshia. Don't be mean to Althea. She's important to me." suway ni Klyde.

"She's important to you, Klyde? More important than me? Really, Klyde? Have you already forgotten what you have done to me?" nagtubig na iyong mga mata ni gaga.

Mukhang papaiyak na itong si Dora. Pero sigurado akong acting lang niya 'to. Ganyan ang ginagawa ko dati. Nag-iiyak-iyakan ako kay Lolo Philip ko para maibigay niya ang gusto ko.

Napatitig si Kylde kay Dora saka naging kalmado ang expressioness ng mukha niya. Yinakap niya nang mahigpit si Dora saka ni Klyde hinaplos-haplos ang buhok ni gaga.

"Sssh," pagpapatahanan niya dito "You are important to me. I love you, okay?"

"Really? You love me?" ngumiti si Dora "You really love me?"

"Of course," aniya ni Klyde saka ngumiti.

Pero sigurado akong hindi iyon ngiti ng kasiyahan. Sa ilang b'wan kong nakasama si Klyde sa mansion, alam ko na kung totoo o peke ang ngiting pinapakita niya.

Hinalikan ni Klyde ang noo ni Dora kaya itong si Dora mas lalong napangiti. Pasimple niya pa akong nginisian at inirapan. Naku. Naku. Malapit ka na sa akin Dora. Namumuro ka na.

"Klyde?"

Sabay-sabay kaming napalingon sa likuran namin nang may tumawag sa pangalan ni Klyde.

"Nikki?" gulat na tanong ni Klyde "What are you doing here?"

Pagtingin ko sa tumawag kay Klyde halos mapanganga ako sa ganda nung babae. Mukha siyang manika. Ang haba ng buhok niya. Sobrang puti pa niya. Halatang anak mayaman. Pero unlikeness nitong si Dora, itong babaeng dumating na si Nikki, sigurado akong mabait siya.

Natarantang lumapit si Klyde kay Nikki. Habang itong si Dora naman nagulat sa biglaang pag-iwan sa kanya ni Klyde. Napahagikgik tuloy ako sa sarili ko. Pangit kasi niya.

"Sabi ni Vaughn, pumunta ka raw dito sa ospital. I thought. . .you had an accident

or something. I was too nervous. Hindi ko na alam ang gagawin ko. I was too scared, Klyde," napatigil sa pagsasalita iyong si Nikki dahil naiyak na siya ng tuluyan "I'm so sorry for crying. I just. . .I just too scared. Hindi ko alam ang gagawin ko kanina sa sasakyan. My mind went blank and then—"

Napatigil sa pagsasalita iyung si Nikki dahil bigla siyang yinakap nang mahigpit ni Klyde. Parang for a momentness, mula nang umiyak sa harapan niya itong si Nikki, nakalimutan na ni Klyde ang buong mundo. Nakalimutan niyang andito sa tabi ko si Dora na pinakilala niyang girlfriend niya. Parang mas mahalaga pa sa kanya itong si Nikki kaysa dito sa Dora na maldita.

Nagtaka tuloy ako bigla nang makita ko iyung expressioness ni Klyde habang yakap-yakap si Nikki. Ibang-iba sa kung paano niya tignan itong si Dora the maldita. May kinang ang mga mata ni Klyde habang yakap niya si Nikki. Habang wala naman kung ano nung yakap niya si Dora.

Na-curiousness naman tuloy ako kung anong eksena na namamagitan sa kanilang tatlo.

Bumalik nalang ako sa reyalidad nang bigla kong marinig na sumigaw si Dora. Pagtingin ko kila Klyde, hawak-hawak na ni Dora si Klyde sa braso habang sinisigawan niya si Nikki.

"Hanggang dito ba naman sa ospital, hindi mo tatantanan ang boyfriend ko? Are you that desperate, Nikki? Hindi ka pa nagsawa sa school? You are such a slut!" sigaw ni Dora "Klyde chose me over you. So stop following him around. Ako ang girlfriend ni Klyde kaya lumayo ka na!"

"Stop this, Keesha," seryosong sagot ni Klyde.

"Hindi ko naman siya nilalandi. Tanggap ko nang ikaw ang pinili ni Klyde." malungkot na ngumiti si Nikki sa kanilang dalawa ni Klyde "I'm just scared earlier."

"So, what now? Hindi ka pa ba aalis? Nakita mo nang okay si Klyde, 'di ba?" sermon naman ni Dora "Ikaw naman, Klyde. Let's make it clear kung sino ang girlfriend mo. Kiss me."

"What?" singhal ni Klyde "What the fuck, Keesha? Stop fooling around!"

"I'm not fooling around, Klyde. Baka nakakalimutan mo na kung ano ang ginawa mo sa akin? Kiss me or else. Sinasabi ko sa'yo Klyde."

"Oh, shut up!" napahilamos ng mukha si Klyde saka hinalikan niya sa harapan namin ni Nikki itong gagang si Dora. Kitang-kita ko kung paano gumuhit ang kirot sa mga mata ni Nikki.

"Aalis na ako," malungkot na ngumiti si Nikki saka tumalikod.

"Nikki," pagtawag ni Klyde sa kanya. Parang may iba pang gustong sabihin si Klyde pero pinigilan niya lang ang sarili niya. "Take care. Mag-ingat ka sa pag da-drive."

"Sure," aniya nung Nikki saka tumalikod na at naglakad paalis.

"Such a slut," bulong nitong si Dora pero napalakas.

"Why did you call her slut, Keesha? We both know that she is not like that!" sigaw naman ni Klyde. Halatang inis na inis na siya "I stayed beside you. I chose you over her. Ano pa bang gusto mo?"

"Your heart," aniya nitong si Dora "I want your heart, Klyde. Yang puso mo na pag-aari ng iba."

"You know I can't do that," nagseryoso si Klyde "Alam natin pareho kung bakit tayo nasa relasyon na 'to. Binigay ko na sa'yo ang buong pagkatao ko, Keesha. Don't ask for my heart."

"Well, whatever," napaikot na naman ang mga mata ni Keesha. "Mag CR lang ako then ihatid mo na ako sa bahay. Ang boring dito sa ospital."

Hindi na hinintay nitong si Dora ang sagot ni Klyde at naglakad na siya papuntang banyo. Napansin ko kung paano siya maglakad. Ika-ika siya. Parang hindi maayos na gumagana iyong kaliwa niyang binti. Naaksidente ba siya? Sayang. Bakit pa siya nakaligtas? Sana natodas na 'tong si Dora.

"Shit," napamura nalang si Klyde at napaupo sa upuan.

Tumabi ako sa kanya, "Wow. Gandang eksena nun, ha," aniya ko "Anong meron, Klyde? Sino iyong Nikki na yun? Ano mo siya? Parang may somethingness kayo e."

Napa-sighed siya, "She's just a friend,"

"Friend? Lul. Huwag ako Brylan Klyde," sabi ko "Friend mo lang pero kung tumingin ka kay Nikki parang katulad kung paano tumingin sa akin si Kuya Elton mo."

"Nikki's my everything," pag amin niya.

"E, bakit itong si Dora ang girlfriend mo?"

Nalungkot ang mukha ni Klyde. Kitang-kita ko iyong pighati sa mga mata niya. Naging miserable ang expression ng mukha niya. Para siyang nasasaktan.

"Sabihin nalang natin na natupad na iyong sinabi mo sa akin before."

"Anong sinabi ko?"

"Iyong 'Isang araw, yang paglalaro mo sa pag-ibig, 'yan ang ikakabagsak mo. Dahil ikaw naman ang paglalaruan ng pag-ibig.' Tama ka nga, Althea. Pag-ibig na ang naglalaro sa akin ngayon. I went too far before. So I deserve to be like this. I deserve to see the girl I truly love suffering because of me."

Tumayo na si Klyde nang muling dumating si Dora. Nagpaalam sa akin si Klyde na ihahatid lang si Dora at babalik daw ito maya-maya. Sabi ko sa kanya mag-ingat siya. Ito namang si Dora inirapan lang ako at kumapit nang pagkahigpit-higpit sa braso ni Klyde nang umalis sila sa harapan ko.

Napahugot nalang ako ng malalim na buntong hininga dahil sa mga nasaksihan ko. Tama nga si Lolo A. Ang dami nang nangyari sa tatlong b'wan na pagkawala ko. Sinong mag-aakalang magiging ganon si Klyde? Magiging sunud-sunuran dahil sa isang babaeng itchurang Dora? Hindi ganon ang Brylan Klyde na nakilala ko. Iyong Brylan Klyde na nakilala ko noon ay maloko at walang sineseryosong babae. Hind mo rin ito mauutus-utusan na parang alila mo.

Ano kayang nangyari at naging si Dora at Klyde? Halata naman kasi na yung Nikki ang totoong mahal ni Klyde. Sigurado rin akong mahal siya nito. Pero, bakit may Dora sa eksena?

Ipapatapos ko na ang buhay ng gagang betty la fea na iyon? Sarap pa naman ipabarang nun.

Maya-maya pa, dumating na si Lolo A. Nag sorry siya sa akin dahil daw natagalan siya. May mga meeting daw kasi siyang pinakansela niya sa secretary niya. Si Erwin naman daw ay umuwi saglit para makakuha ng mga damit para kay Elton. Sinabi ko naman kay Lolo na dumating si Klyde saglit at umalis din pero babalik din maya-maya. Tumango-tango lang ang matanda.

Lumipas pa ang isang oras nang tuluyan nang bumukas ang pintuan ng emergency room. Lumabas dito ang Doctor na nag opera kay Elton. Parehas kaming napatayo ni Lolo.

"Kumusta ang apo ko, Doc?"

"Don't worry, Mr. Falcon, everything is fine now," aniya ng Doctor.

"Minumura ka niya, Lolo," bulong ko kay Lolo A "Huwag kang papatalo. Murahin mo din iyang si Doc. Sabihin mo 'pakingshet ka Doc. Gagu u. Pakyu.' ganyan dali. Tuturuan pa kita ng ibang mura."

"Sssh. Huwag ka magulo, apo," baling sa akin ni Lolo saka muling tumingin kay Doc "Ligtas na ba ang buhay ng apo ko? Wala na ba kaming dapat ipag-alala?"

"Okay na siya, Mr. Falcon."

"Oh, God. Thank you, Lord!" napatingala si Lolo A kaya napatingala din ako.

"Thank you, Lord," aniya ko. "Lord, andiyan ka bas a kisame?"

"However," biglang nagseryoso ang mukha ni Lolo A kaya sumeryoso din ang mukha ko. Bakit ba? Gaya-gaya ako e. "The patient is still unconscious. Hindi agad siya magigising kahit na successful ang operation namin sa spinal cord niya."

"Bakit, Doc?" tanong ni Lolo A.

"Masyadong grabe ang pagkabagok ng ulo niya, Mr. Falcon. It was a miracle na nabuhay pa ang pasyente. Usually, dead on arrival na dapat mga kagaya ng cases niya. That's why I surprised when I saw him still fighting. But not all things went well. Baka ma-comatose siya."

Napatakip ng bibig si Lolo A kaya napatakip din ako ng bibig.

"Comatose? Mga ilang araw siya, Doc, bago magising?" ramdam ko ang kaba ni Lolo A.

Napailing si Doc, "I really don't know, Mr. Falcon. Walang exact date kung kailan nagigising ang mga pasyenteng comatose. Some of them wake up after 1 week. 1 month. 1 year. 5 years. Or even 10 years. There's no definitely date, Mr. Falcon. But some of them never wake up anymore."

Napahawak sa balikat ko si Lolo dahil biglang nalambot tuhod ng matanda.

"So, may tendency na hindi na magising ang apo ko, Doc?"

"Ha? Anong hindi na posibleng hindi na magising si Elton. Ano 'to, Lolo?"

Tumango si Doc, "Ganun na nga po, Mr. Falcon. Gusto ko lang ihanda niyo ang sarili niyo if ever. Malaki ang chance na hindi na muling gumising ang pasyente. Ihanda nalang natin ang mga sarili natin para hindi tayo umasa. Mga machines nalang ang sumusuporta sa kanya ngayon."

"Anong pinagsasabi mo, Doc?" napasigaw na ako "Anong ihanda namin ang mga sarili namin? Sinasabi mo ba na hindi na gigising si Elton?"

"Hindi ko sinasabi Miss na hindi na siya gigising. Ang sinasabi ko lang, malaki ang

chance. Miracle nalang ang kailangan at maraming dasal para gumising ang pasyenteng comatose."

"Di ba, Doctor ka? Bakit naging ganon? Bakit hindi mo siya gamutin?" nagtubig na naman ang mga mata ko "Doc, gamutin mo siya. Nakikiusap ako. Marami kaming pangarap e. Marami kaming pangarap na kailangan tuparin. Doc, magpapakasal pa kami. Doc naman."

"Miss, doctor lang ako. Hindi ako Diyos," aniya ni Doc "Matinding dasal ang kailangan natin. Dasal lang. Dasal lang talaga."

"Aba ay tawagin si Alma Moreno!" aniya ko "Magaling sa dasalan iyon e!"

"LOL!" aniya ni Doc "Anyway, pwede niyo na puntahan ang pasyente. Nasa room 302 siya."

Hindi kami nagkikibuan ni Lolo habang naglalakad kaming dalawa. Pag dating namin sa kuwarto ni Elton, una lumakad si Lolo papasok sa loob. Sumunod naman ako.

Nasa gilid ng kama ni Elton sa lolo. Kinakausap niya si Elton.

"Apo, gigising ka, 'di ba? Sabi mo, ikaw ang magmamana ng kumpanya natin. Huwag kang tokis, apo. Huwag mo biguin ang Lolo. Nauna na umalis si Erwin sa akin. Hindi ko makakaya kung uunahan mo pa ako papunta kung nasan ang Mommy at Daddy mo. Apo, gigising ka. Gigising ka."

Nakita kong nagpunas ng luha si Lolo A habang kinakausap si Elton. Napasulyap naman ako kay Elton. Para lang siyang natutulog. May kung ano rin mga apparatus ang nakakabit sa katawan niya. May oxygen mask pa siya sa bibig niya.

Napansin ko rin na kalbo na si Elton. May benda rin ang gilid ng ulo niya. Ito iyong parte na tinahi sa ulo ni Elton. Hindi ko maisip na kailangan ni Elton maranasan ang ganito. Ano pa kaya iyung tahi sa likuran ni Elton. Gaano iyon kahaba? Magiging okay na ba talaga siya?

Pero, sinabi ni Doc kanina na kahit okay na si Elton, posibleng hindi na siya gumising pa. Kailangan ng matinding dasal at pananalig sa Diyos para lang tuluyang maging okay si Elton.

"Elton," pagbanggit ko sa pangalan niya "Gigising ka, 'di ba? Sabi mo magpapakasal tayo. Huwag mo ko iwan mag-isa, Elton. Huwag kang unfairness. Papakinggan ko pa iyong mga sasabihin mo. Sige ka, kung hindi ka gumising. Kay Jonas nalang ako magpapakasal. O, kaya kay Zedrick. Ayaw mo iyon, 'di ba? Kaya gumising ka diyan. Huwag kang papatalo diyan sa comatose na iyan."

Hinawakan ko ang kamay ni Elton saka hinalikan ito.

"Elton, hindi kita mapapatawad kapag iniwan mo ako ng tuluyan. Gumising ka diyan."

Hindi ko na natuloy iyong sinasabi ko dahil naiyak na naman ako habang hawak-hawak ko ang kamay ni Elton. Iyong mukha ni Elton bhe parang natutulog lang.

Alam kong gigising si Elton. Alam kong hindi niya ako iiwan.

Kasi kapag iniwan niya ako, paghihiwalayin ko si Erwin at yung Jewel.

Charot.

Alam kong hindi ako iiwan ni Elton. Malakas ako kay God. Papakinggan niya mga dasal ko.

Lord, pleasness, balato niyo na sa akin si Elton, oh. Ititigil ko ang pagiging plastic at snob ko sa personal basta mabuhay lang siya. Huwag niyo naman kunin ang lahat sa akin Lord. Hayaan niyo naman kami magising masaya. Huwag niyo kunin sa akin ang kaisa-isang lalaking nagturo sa akin na ang pagiging bobita ay maganda. Huwag si Elton, Lord. Kahit si Lolo Andres nalang. Amen.



==========

Chapter 59

Last 1 chapter then epilogue na :)

Please support the next falcon series entitled THE PLAYER AND THE DESPERATE. Kwento ito ni Klyde Falcon at ng babaeng desperada! Posted na. Pakitignan nalang sa My Works ko :DAnd also, join my reader's group to keep you guys updated. Search niyo lang sa fb ang Sic Santos' Readers :) (May smiley talaga! lol)

Facebook: Sic SantosTwitter: owwsicccInstagram: owwsicccYES! Nakapag-promote rin! Wahahahaha.

COMMENT AND VOTE! THANK YOU, STUDENTNESS!**

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 59.

"And now, you may kiss the bride." pagmumura ng pari.

Hindi ko mapigilan ang sarili ko na hindi matawa nang makita kong nanginginig ang mga kamay ni Jonas nang dahan-dahan niyang itaas ang suot na belo ng bride niya. Akala mo first timeness niyang halikan ang babaeng asawa na niya ngayon. Natawa rin ang mga babaeng nasa tabi kong nakaupo.

Siguro nga, nakakakaba talaga kapag hahalikan mo ang babaeng pinakamamahal mo sa harap ng maraming tao. Nakakakaba naman talaga sigurong halikan sa harap ng maraming tao ang babaeng pinakasalan mo ngayon at pinangakuan na mamahalin mo habang buhay sa abot ng iyong makakaya.

Napangiti nalang ako para kay Jonas nang mapansin ko kung paano siya tumingin sa asawa niya ngayon. Halatang inlove na inlove siya rito. Kung tumingin si Jonas sa asawa niyang si Patty ay handa siyang ibigay ang buong mundo para sa kaligayahan niya. Hindi ko alam na ganito pala magmahal ang isang Jonas. Edi sana, noon palang, sinagot ko na siya. Chos!

Nagpalakpakan iyung mga bisita nang hinalikan na ni Jonas si Patty sa harap naming lahat. May sinabi pa si Jonas kay Patty kaya medyo napaluha si babae. Ano kaya binulong ni Jonas? Baka naman 'rak kita later. Iyung hard.' o baka naman 'Maliit lang pututoy ko.' Uhm. . .ano nga kaya?

Nang matapos ang halikan sessioness na iyon, picture taking na ang sumunod. Unang nagpa-picture ang buong pamilya ng bride and groom. Tapos mga kamag-anak nila. Then, kaming mga bride's maid na. Ako ang pinakamaganda, pinakaplastic, at pinaka-snob sa personal na bride's maid. Hindi ko kasi pinapansin iyung ibang bride's maid. Aba, huwag nila akong kausapin. Snob ako. LOL!

Nakakainis nga, e. Hanggang kasal ni Jonas 'e katulong ako. Nung sinabi niya sa akin 'to noon tumanggi ako e. Paano kasi ako magiging bride's maid kung hindi ako naging katulong? Sabi ko nga bride's janitress nalang since may experienceness ako doon. Janitress ako sa kumpanya ng mga Falcon dati, 'di ba? Kaso natawa lang si Jonas. Pinush niya pa rin na maging bride's maid ako.

"Ang ganda mo ngayon," nakangiting puri sa akin ni Jonas.

Nasa gilid kaming dalawa at naglalandian—este nag-uusap dahil iyong asawa niyang si Patty ay busy sa pakikipag-picturan sa mga college friends nito.

"Alam ko na yan. Magsabi ka ng hindi ko pa alam," pagmamayabang ko.

"Ang bobo mo sa english," saad niya.

Sinamaan ko siya ng tingin, "Excuse them?" kunot noo kong sagot "Don't me, Jonas. Other please."

Natawa lang siya, "Haha. Biro lang. Pero, salamat, Althea. Salamat dahil kahit alam kong ayaw mo pumunta sa kasal ko ngayon dahil ayaw mong iwanan si Elton 'e pumunta ka pa rin."

Kaplastikan ko kasi si Patty mula nang maging girlfriend ito ni Jonas isang taon na ang lumilipas. Die hardness fan ko si Patty. Aliw na aliw ang gaga sa akin. Ka-prettyness ko talaga.

"May magagawa ba ako? E, binantaan ako niyang si Patty e. Sabi ba naman sa akin, kung hindi raw ako magpapakita, ipapasunog niya ang bahay ko? Nakakatakot kaya!"

"Pero, still, salamat. Masayang-masaya si Patty dahil pumunta ka. Alam mo naman na fan mo yang asawa ko e." ngumiti si Jonas nang mabanggit niya ang salitang asawa.

Ang harot-harot mo baby suman. Paghihiwalayin ko kayong dalawa!

"Naks. Halatang kinikilig ka sa salitang asawa ah," pagbibiro ko "Parang kailan lang patay na patay ka sa akin, Jonas, ah. Tapos ngayon, kasal ka na sa ibang babae. Naks naman talaga!"

"Siyempre naman. Sino bang hindi kikiligin kung asawa mo na ang babaeng mahal na mahal mo?"

"Ako. Hindi ako kikiligin," sagot ko "Bakit ako kikiligin 'e wala naman akong babaeng mahal na mahal. Hindi naman ako tomboyness, no. Mas gusto ko ng itlog kaysa tahong."

"Hahaha. Grabe talaga bibig mo, Althea," natawa si Jonas "Pambihira ka talaga!"

"Tanong ko lang, Jonas. Bakit ang dali niyong magpakasal? E, isang taon palang naman kayong naglolokohan—este nagmamahalan. Isang taon palang kayong mag gf and bf. So, whyness?"

Tumingin muna si Jonas kay Patty na ngayon ay ka-picturan ang mga katrabaho niya.

"Hindi ko rin alam, e." sagot niya saka tumingin na sa akin "Basta, ang tangi ko lang alam ay mahal na mahal ko siya at siya na iyung babaeng gusto kong makasama habang buhay. Siya na iyung babaeng gusto kong makita sa bawat pag gising ko tuwing umaga o kaya kapag uuwi ako galing trabaho. I guess, you just really know. Alam mo lang sa sarili mo na kung siya na talaga. Wala sa tagal ng relasyon niyo para lang magpakasal. It's just that, when love hit you hard, you would do something to make the one you love to be with you forever. So, I married her. Para wala nang kawala."

"Hindi raw alam pero ang daming sinabi. Kagaguhan."

"Huy! Nasa simbahan tayo. Bawal magmura. Baka marinig ka ni Pader!" natawa na naman si Jonas.

"Okay lang. Hindi naman 'to bahay ni Pader, no. Bahay 'to ni God kaya walang karapatan si Pader na pagbawalan ako dahil hindi niya pag-aari 'tong simbahan," nag sign of the cross ako "Joke lang iyon, Papa God. Sorryness po sa pagmumura ko."

Nag-usap kami ni Jonas nang kung anu-ano. Hanggang sa dumating ang usapan namin sa kalagayan ni Elton. Hindi ko mapigilan ang sarili ko na hindi malungkot. Palagi kong sinasabi kay Elton na hindi na ako malulungkot pero kapag napag-uusapan pa rin namin siya, nasasaktan pa rin ako.

"Ano na pala kalagayan ni Elton?" tanong ni Jonas. "Any important? Masyado kasi ako naging busy sa wedding preparation namin these past few months kaya bihira makapunta sa ospital."

Huwag daw ako magmura pero siya mismo minumura ako. Loko 'tong si Jonas, ha. Hahalikan ko 'to mamaya kapag hindi na nakatingin si Patty sa amin.

"Ganun pa rin," malungkot kong sagot "Wala pa ring pro. . .pro. . "

"Progress?"

Tumango ako, "Oo, progress. Huwag mo ako unahan. Alam ko iyong word na iyon," aniya ko "Wala pa ring progress iyong conditioness ni Elton. Tulog pa rin siya hanggang ngayon. Ang tagal-tagal niyang matulog. Dumadami tuloy ang nami-missed niyang eventness. Hays. Dumadami tuloy ang mga ikukwento ko sa kanya. Pero kapag gumising siya, kukurutin ko muna siya sa pututoy."

Tinignan ako ng seryoso ni Jonas.

"Althea, hindi ka ba napapagod maghintay?" seryoso niyang tanong. "Paano kung forever na hindi gumising si Elton? Nasabi naman ng doctor, hindi ba? In case lang, Althea. Forever ka rin bang maghihintay sa paggising ni Elton kahit medyo alanganin na na gumising siya?"

Mabilis akong umiling, "Hindi ako napapagod, Jonas," tugon ko habang nakangiti "Hindi ako mapapagod sa paghihintay sa pag gising ni Elton. Kahit isang taon at apat na b'wan na siyang tulog, hindi ako mapapagod. Kahit maghintay pa ako ng dalawang taon, tatlong taon, o apat na taon, wala akong pakialam. Maghihintay ako. Maghihintay ako hanggang sa mapagod na si Elton sa pagtulog niya at gumising na siya. Alam kong gigising siya. Hindi niya ako iiwan."

"That's right," sagot ni Jonas "Gigising pa rin si Elton. Remember, may pangako siya sa'yo?"

"Oo. At alam kong tutuparin niya iyong pangako niya na magpapakasal kaming dalawa," aniya ko "At kapag nangyari na iyon, gaganti ako. Gagawin kong bride's driver iyang si Patty."

"Anong meron at narinig ko ang maganda kong pangalan?" biglang sumulpot si Patty.

Humalik agad si Jonas sa pisngi ni Patty saka niya inakbayan ang asawa niya. Humalik din si Patty sa pisngi ni Jonas tapos pinalupot nito ang kamay niya sa bewang ni Jonas.

Talagang sa harapan ko pa sila naglalandian. Bastusan 'e, no?

"Wala naman," aniya ko "Pinag-uusapan lang namin nitong si Jonas kung paano ka namin lolokohin. Kahit kasi kasal na kayo mahal na mahal niya pa rin ako," tumingin ako kay Jonas, "Di ba, baby suman? Ako pa rin ang mahal mo at sadyang habol mo lang ang pera nila Patty?"

"Tse! Hindi yan trueness!" pabirong umirap si Patty sa akin. "Di ba, Jonas, ako na ang loveness mo? You marryness nga, 'di ba, kasi ako na ang loveless of your lifeless?"

Mahinang kinurot ni Jonas ang ilong ni Patty, "Ano ba yan, beb. Nahahawa ka na ng pag e-english kay Althea. Talagang fan na fan ka niya, no?"

"That's rightness!" galak na sagot ni Patty "Idolness ko yan. Proudness to be studentness ako ni ma'am Althea. Ako ang number 1 studentness ni ma'am!"

"Hay! Ambot sa imo, Patty! Kapag narinig ka ni Nicca, yari ka don!"

"Pake ko ba sa kanya? Baka gusto niyang sampal-sampalin ko ulit siya?"

Nung unang beses na pumunta ni Patty sa mansion na-meetness niya si Nicca. Narinig ni Nicca na sinabi nito sa akin na siya raw ang number 1 studentness ko kaya nairita si Patty. So ayun, nagpagalingan silang mag english hanggang sa nagkapikunan at nagsuntukan na.

Hinayaan ko nalang silang dalawa at umalis kaming dalawa ni Chris papuntang mall. Pagbalik ko ng mansion, nasabi sa akin ni Klode na sinugod daw sa ospital si Nicca. Duguan daw ang mukha. LOL!

"Anywayness, Althea, sasama ka ba sa reception? Sama ka, ha? Para mag kwentuhan tayo!" aniya ni Patty sa akin. Fan na fan ko talaga siya. Palagi niya ako gustong kasama.

Hirap na maging maganda. Kakaasar!

Umiling ako, "Hindi pwede, e. Pupunta na agad ako sa ospital. Baka miss na miss na ako ni Elton."

Napanguso si Patty, "Ay, ano ba yan. Balakid talaga si Elton sa ating dalawa, ma'am."

"Masyado ka namang cli. . .cli. . "

"Clingy iyon, Althea. Clingy." aniya ni Jonas.

"Tse! Alam ko naman iyung clingy, no. Inunahan mo na naman ako. Huwag kang ano diyan!"

"Sige pala. Bukas, kita tayo?" tanong ni Patty "Kailangan ko na ng next lesson mo, ma'am. Kailangan ko tumalino sa english. Kailangan kita, ma'am."

"Beb, honeymoon na natin bukas. We'll go in Hawaii, 'di ba?" tugon ni Jonas.

"Ay, bukas na agad? Ugh! Wrong timing!" tumingin sakin si Patty "Ma'am, aalis pala kami. Huwag mo kong mami-missness, ha? 1 week lang ako mawawala. Chikahan nalang tayo pag-uwi ko."

"As ifness naman na mami-missness kita,"

"Beb, narinig mo iyon? Ang sadness! Hindi ako mami-miss ni, ma'am!" nag-iyak iyakan pa si Patty.

"Ang sakit sa ulo kapag may dalawang Althea." natatawang komento ni Jonas.

Nagpaalam na ako kila Jonas at Patty na aalis na dahil kako baka sobrang missness na missness na ni Elton ang kagandahan at maganda kong boses. Todo nguso pa si Patty dahil ayaw niya talaga ako umalis. Adik na adik talaga siya sa kagandahan ko. Hirap talaga maging maganda, no?

Nakarating na ako sa parking lot kaya pinagbuksan ako ng driver. Taray, 'di ba? May driver na ako. Itong sasakyan na 'to ay binigay sa akin ni Lolo A nakaraang birthday ko. Pero dahil hindi naman ako marunong gumamit, kumuha ng driver si Lolo A. Gusto ko kasi si Elton ang magtuturo sa akin kung paano mag driveness. Gusto ko si Elton mismo ang sasakyan ko. Chos!

Habang umaandar ang sasakyan papuntang ospital, biglang bumalik sa isipan ko iyung tanong ni Jonas. Iyong tanong niya na 'Althea, hindi ka ba napapagod maghintay?'

Sa isang taon at apat na b'wan ng comatose si Elton, ang daming beses ko na naririnig iyang tanong na iyan. Palagi iyan lumalabas sa mga bibig ng mga taong nasa paligid ko o sa mga taong nakakaalam ng kondisyon ni Elton. Pero isa lang naman palagi ang sagot ko.

Kahit kailan, hindi ako mapapagod maghintay para sa taong mahal ko.

Neverness akong mapapagod na maghintay sa muling pag gising ni Elton dahil alam kong gigising din siya isang araw. Alam kong magbubunga itong paghihintay ko sa muling pagbabalik niya sa akin. Wala akong pakialam kahit abutin pa ng sampung taon o mas matagal pa doon ang muli niyang paggising. Hindi ako susuko. Pinaghahawakan ko ang pangako niya.

Alam kong tutuparin ni Elton iyong pangako niya sa akin. Iyong pangako niya na magpapakasal kami at gagawa kami ng sariling pamilya. Hindi ako dapat mainggit kay Papa Erwin na buntis na ngayon si Ate Jewel. O kay Jonas at Patty na kasal na. O kay Klyde na nasa ibang bansa ngayon na nag ta-travelness kasama ang girlfriend niya. O kay Klode na. . .hindut na bayut pa rin.

Kapag nagising si Elton at nagpakasal kami, bobonggahan ko iyong kasal ko. Iyong tipong 5000 ang bisita namin. Iyong tipong ang susuotin kong wedding gown ay abot hanggang mansion kahit na nasa simbahan na kami. Magiging wedding of the year ang kasal naming dalawa. Hintay lang sila.

Napaisip tuloy ako. Kung iisipin mo nga mabuti, medyo matagal-tagal na ring natutulog si Elton. Sa isang taon at apat na b'wan niyang pagiging comatose, ang dami na nangyari sa paligid niya na hindi niya alam. Ang dami ko tuloy ichi-chika kay Elton sa pag gising niya.

Katulad nalang na si Papa Erwin na ang new CEO ng kumpanya. Nag resigness na si Lolo A noong nakaraang b'wan dahil masyado na raw siya matanda. Pero sabi naman ni Papa Erwin, willingness siyang ibigay ang position kay Elton kapag nagising na ito. After allness daw, mas maraming nagawa si Elton sa kumpanya kaya nararapat daw kay Elton ang posisyon.

Plano na rin magpakasal ni Papa Erwin sa susunod na taon. Gusto niya sana ngayong taon na para kasal na sila ni Ate Jewel bago ilabas ang anak nila. Kaso, nakiusap si Lolo A na i-holdness muna at hintayin lang na magising si Elton ko. So pumayag naman siya.

Tiyak, maloloka si Elton kapag nalaman niya rin na may asawa at kasal na si Jonas.

Si Klyde, hindi na player. Patay na patay na siya sa girlfriend niya ngayon. Biruin niyo, katulad lang pala ni ateng girl ang magpapatino sa tulad niya? Umiyak pa sa harapan ko si Klyde dahil naghiwalay sila ni ateng girl noon. Kapag pala ang playboy ay umiyak para sa isang babaeng mahal niya, maiiyak ka nalang din. Grabehan kasi magmahal ang isang playboy.

Si Zedrick nasa china na rin pala. Ilang b'wan na siyang andun. Bago siya umalis nagkita pa kaming dalawa. Kung hindi raw gigising si Elton, message ko lang daw siya. Edi ayon, dumating siya ng china na may bakat ng palad ko ang pisngi niya. Nasampal ko e.

Si Kylie Jenner naman ay naging leading lady sa isang Hollywood movie. Taray ni ate niyo, 'di ba? Masyado siyang busyness kaya hindi siya nakarating sa kasal ni Jonas.

Si Chris sinamahan ko magpatuli nung bakasyon. HEHEHEHE. Laki ng pututoy ng batang iyon.

Si Dudong at Dudang din na biik lang noong binigay sa akin ni Elton 'e ngayon ay ang lalaki na. Baboy na silang dalawa sa sobrang laki. Pwede nang ipang-lechon sa kasal namin ni Elton.

Hindi lang iyon, may anak na sila. Walo ang anak nilang dalawa. Sinong mag aakalang mag aasawahan iyong dalawang iyon? Incest ang mga lecheng baboy. Akala ko nga nung una iyong aso ni Chris ang nakabuntis kay Dudang. Kaso si Dudong pala. Juice ko die. Nahimatay ako nang malaman ko. Hindi ko kinaya na mag aasawahan ang dalawang mga biik ko noon.

Huminto na ang sasakyan sa tapat ng ospital kaya mabilis na akong lumabas patungo sa kuwarto ni Elton. Pagbukas ko ng pintuan, naabutan ko si Lolo A at Papa Erwin. Mukhang may pinag-uusapan silang seryoso dahil nakaseryoso ang mga mukha nila.

"Narinig mo ba ang pinag-uusapan namin, apo?" parang kabado na tanong ni Lolo A.

"Hindi po," umiling ako "Ano po ba iyon?"

"Wala naman," ngumiti ang matanda tapos umiwas ng tingin.

"So, Lolo, I guess, we should just talk later," aniya ni Papa Erwin. Tumango si Lolo. "Althea, gotta go. Tumakas lang ako sa meeting ko. See you later!"

"Bye, Papa Erwin!" paalam ko sa kanya.

Natawa siya, "Loko ka talaga. Kapag narinig ka niyan ni Elton, mayayari ako diyan."

"Okay lang yan. Sa tagal niya akong pinaghihintay?"

Napatitig lang sa akin si Papa Erwin. Hindi ko maintindihan iyung expressioness ng mukha niya. Masyadong naging malungkot. Bago pa ako makapagtanong kung bakit, naglakad na siya palabas ng kuwarto. So, dedma nalang ako. Baka pagod lang sa trabaho. O baka pinagod ni Ate Jewel?

"Kumusta ang kasal ni Jonas, apo?" tanong sa akin ni Lolo A.

Umupo muna ako sa gilid ng kama ni Elton bago ko siya sinagot.

"Ayos lang po, Lolo. Ang ganda ng theme ng kasal ni Jonas at Patty. Tapos nung nagsasalita si Jonas, iyak na nang iyak si Patty. English daw kasi. Naku lang, kapag talaga nagpakasal kami nitong si Elton, aawayin ko siya kapag tagalog ang wedding vow niya. English dapat!"

Binaling ko ang tingin ko kay Elton na mahimbing na natutulog. Ang daming kung anu-anong nakakabit sa katawan niya. Nakaramdam tuloy ako ng lungkot. Bakit ba hindi pa rin ako masanay-sanay na nakikita 'tong kung anu-anong mga apparatus na nakakabit sa katawan niya? Parang mas dobleng paghihirap ang nararamdaman ko kumpara sa kanya e.

Hinawakan ko ang kamay ni Elton. Mga kamay niyang wala akong planong bitawan kahit kailan.

"Gusto ko sa kasal natin, Elton bhe, english ang wedding vow mo, ha? Nagulat ka ba dahil alam ko ang wordness na wedding vow? Narinig ko lang yan sa katabi ko kanina," tumawa ako "Kinasal na si Jonas, Elton. Malungkot nga siya kanina kasi ang usapan niyo raw noon, ikaw magiging best man sa kasal niya. Pero hindi mo raw tinupad ang pangako mo. Pag gising mo raw, susuntukin ka niya."

Napangiti ako nang maisip ko iyung eksena na iyon. Ano kayang rason ang sasabihin ni Elton?

"Kaya gumising ka na diyan, Elton. Hindi ka ba napapagod matulog? Isang taon at apat na b'wan ka nang tulog. Nakakangawit kaya iyon. Hindi mo tuloy nakikita kung gaano ako kaganda ngayon," sabi ko "Kapag gumising ka, magpapakasal agad tayo. Pinaghihintay mo ako ng matagal, Elton, e. Pero huwag ka mag-aalala. Maghihintay ako kahit kailan. Kahit tumanda ako at pumuti ang buhok ko at kumulubot ang balat ko, patuloy kitang hihintayin na gumising. Naniniwala kasi ako sa kasabihang 'true love is true not fake.' Kaya, hihintayin kita. Maghihintay ako sa pag gising mo."

Hinaplos ko ang buhok ni Elton.

"Elton, ang haba-haba na ng buhok mo. Pero mas bumagay sa'yo. Mas lalo kang gumwapo. Pero mas lalo kang magiging gwapo sa paningin ko kapag gumising ka na diyan. Hindi ka si snow white na kailangan pa ng kiss para lang magising."

"Althea, sa tingin ko, huwag mo na hintayin si Elton."

Bigla akong napatigil sa paghaplos sa buhok ni Elton nang marinig ko ang sinabi ni Lolo A.

Seryoso ko siyang nilingon.

"Ano pong sabi niyo, Lolo? Paki-ulit po. Para kasing hindi ko narinig nang maayos e."

"Sabi ko, sa tingin ko, huwag mo na hintayin si Elton na gumising pa," umayos ng upo si Lolo A "Marami akong kilala na businessman na iyong mga anak nilang lalaki ay naghahanap ng mapapangasawa. Pwede kitang ipakilala sa kanila, apo. Magugustuhan ka nila panigurado."

Mahigpit akong napahawak sa kamay ni Elton.

"Nagbibiro lang kayo, Lolo, 'di ba?" aniya ko. Umaasa akong biro na naman ito ni Lolo A at sasabihin niyang laughtrip dizz. Pero hindi ngumiti si Lolo. Seryoso pa rin siya. "Seryoso kayo?"

Tumango siya, "Seryoso ako, apo. Gusto kong sabihin sa'yo na hindi mo naman kailangan hintayin ang pag gising ni Elton Alexander, Althea. Hindi ko sinasabing wala ng pag-asa na gumising pa siya, pero, Althea, tumatakbo ang panahon. Tumatanda ka sa paghihintay sa kanya. Alam kong maiintindihan ni Elton kung makahanap ka ng iba. Kaya, okay lang kung sa ibang lalaki ka mapunta. Maiintindihan ko, apo. Susuportahan kita. Hindi mo na siya kailangan hintayin. Huwag mong ikulong ang sarili mo sa kanya at sa paghihintay sa kanya—"

"Lolo, anong tingin niyo sa akin? Kung sinu-sino nalang ang pwede porket hindi gumigising si Elton? Lolo, naririnig niyo ba yang sinasabi niyo? Hindi ba kayo nahihiya sa mga sinasabi niyo ganung andito lang sa tabi ko si Elton?" nagagalit kong sagot "Lolo, hindi man gising si Elton ngayon. O hindi man niya nagagawang imulat ang mga mata, pero alam kong narinig niya ang sinabi niyo. Lolo, masyado na nahihirapan si Elton sa kalagayan niya. Huwag niyo nang dagdagan pa."

"Apo, hindi naman sa ganon. Hindi mo naiintindihan ang punto ko e," nananatiling kalmado si Lolo A "Sa tingin ko rin mas gugustuhin ni Elton na mag move on ka nalang at huwag na siya hintayin pa. Apo, wala akong ibang hangad para sa'yo kundi ang kaligayahan mo. Kaya, gusto kong makahanap ka ng ibang lalaki na magbibigay sa'yo ng mga bagay na hindi maibigay ni Elton dahil sa kondisyon niya. Kailangan na natin tanggapin ang sitwasyon ni Elton."

"Lolo, kayo ang hindi nakakaintindi sa punto ko. Una, hindi ako maghahanap ng ibang lalaki. Si Elton ang mahal ko mula noon hanggang ngayon. Pangalawa, hindi niyo hangad ang kaligayahan ko dahil kung hangad niyo, hindi niyo sasabihin ang mga yan. Si Elton lang ang kaligayahan ko sa lahat. Ikatlo, hindi ako napapagod maghintay

kay Elton, Lolo. Wala akong pakialam kahit abutin ng ilang taon bago siya gumising, hihintayin ko siya. Ikaapat, hindi maibibigay ng ibang lalaki ang kailangan ko dahil si Elton lang ang magbibigay nun. Ang dami na naming pinagdaanan, Lolo. Ngayon pa ba ako susuko? Tapos ang usapan!"

Hinalikan ko sa labi si Elton, "Aalis muna ako, Elton. Nababadtrip ako sa Lolo mo. Baka hindi ko matancha at baka dalawang falcon na ang ma-confineness ngayon dito sa ospital."

Napatayo si Lolo, "Saan ka pupunta, apo?"

Napahinto ako sa paglalakad, "Uuwi po muna ako, Lolo. Kailangan ko lumayo sa inyo, baka kasi magdilim ang paningin ko at isaksak ko sa katawan niyo yang mga apparatus na nakakabit sa katawan ni Elton. Ayoko naman mangyari iyon so alis muna ako."

"I'm so sorry, apo." bakas ang sinsiridad sa boses ni Lolo. "Hindi ko gustong magalit ka."

Pilit akong ngumiti, "Ayos lang, Lolo. Huwag niyo nalang uulitin. Baka kasi mawalan na ako ng galang sa inyo at makalimutan ko iyong mga naitulong niyo sa akin."

Paglabas ko ng kuwarto ni Elton, naramdaman kong sumikip ang dibdib ko. Napahinto ako sa paglalakad para kalmahin ang sarili ko. Pinipigilan ko ang sarili ko na huwag maiyak.

Hindi ko matanggap na nagawang sabihin ni Lolo iyon. Talagang may lakas siyang sabihin na huwag ko nang hintayin si Elton at humanap nalang ng iba? Tingin niya ba ganon kadali iyon? Tingin niya magagawa ko iyon? Hindi ganong kababaw ang pagmamahal ko para kay Elton.

Maghihintay ako at hindi ako mapapagod kakahintay kay Elton.

Mas pipiliin ko nalang din mag-isa kaysa humanap ng iba.

Tutal sanay naman akong mag-isa, no.

Nagpahatid na ako sa driver ko sa mansion para makapagpahinga. Pagpasok ko sa loob, nasalubong ko si Nicca na naglilinis ng mga mamahaling vase.

"Ma'am, andiyan na pala kayo. Taray ng outfit natin, ha."

"Tigilan mo ko, Nicca. Wala ako sa moodness makipagplastikan ngayon."

"Ay, maldita. Okay, ma'am. Wala rin akong panahon makipagplastikan." inirapan ako ng gaga.

Binatukan ko nga siya saka ako naglakad nang mabilis papunta sa kuwarto ni Elton.

Sa kuwarto ako ni Elton natutulog dito sa mansion. Si Dudang at Dudong nasa may likuran at may sariling bahay doon kasama ang mga anak nila. Mamaya ko na sila pupuntahan.

Nagpalit muna ako ng damit bago huminga sa kama. Habang nakahiga, napatingin ako sa sofa. Bigla akong napangiti sa sarili ko. Diyan kasi sa sofa na yan ako natulog nung dumating ako dito sa mansion dati. Hinagisan pa nga ako ng kumot sa mukha ni Elton.

San Goku. Iyan din ang unang tinawag ko kay Elton dahil sa buhok niyang kulay dilaw noon.

Ang bilis pala lumipas ng panahon. Ang daming na nangyari sa aming dalawa ni Elton. Kaya ngayon pa ba ako susuko? Ngayon pa ba ako susuko sa pagmamahal ko sa San Goku ng buhay ko?

Hindi ako makatulog kaya lumapit ako sa may shelf kung saan may iba't ibang CD na andon. Manonood nalang ako ng movie o kahit ano. Kahit porn kung may makita ako. Charot!

Pumili ako ng isang CD. Walang nakalagay kung anong title nito. Kulay puti lang. Pagbukas ko, may nahulog na sulat. Pinulot ko iyon.

Gusot-gusot na iyong sulat. Dahan-dahan ko itong tinignan at binasa ang nakalagay. Nagulat ako nang makita kong ito iyong sulat sa akin ni Elton noong mga bata palang kami. Akala ko naitapon ko na ito. Paano napunta kay Elton 'to?

Dear Thea,

Kapag binabasa mo ito sigurado akong magpapakasal na tayo. Masaya ka ba, Thea? Ako kasi masayang-masaya. Kasi ikaw lang ang gusto ko makasama sa tanang buhay ko, e. Ang saya nga dahil napapayag natin sila Lolo na tayo ang magpapakasal.

Thea, sana masiyahan ka sa akin kapag magkasama na tayo sa iisang bahay. Promise. Hindi man ako perfect na tao magiging perfect naman ako para sa'yo at para sa magiging pamilya natin at mga anak. Ilang anak ang gusto mo, Thea?

Hehe. Nakakahiya 'tong sulat ko. Ang bata ko pa pero kung anu-ano na sinusulat ko. Tiyak kapag nabasa ko 'to habang malaki na ako mahihiya rin ako. Pero ayos lang, Thea. Worth it ka naman sa kahihiyan. At mas worth it ka para pakasalan.

Thea, sana maging masaya tayo—ay mali, siguradong magiging masaya tayo dahil papasiyahin kita araw-araw. Mula sa araw na ito hindi ka na Promdi Girl. Kundi isa

ka ng Falcon. At ikaw ang asawa ni Elton Alexander Guevarra Falcon.

Basta, Thea, mahal na mahal kita.

Nakakahiya talaga 'tong sulat ko.

Sana hindi 'to mabasa ni Lolo.

I love you, Promdi Girl.

Always and forever,

Elton Alexander Falcon.

Naluluha ako nang mabasa ko ang sulat ni Elton. Parang sasabog ang puso ko sa halu-halong emosyon ngayon. Paano ako susuko kay Elton kung nabasa ko 'to?

Paano ko magagawang sukuan ang lalaking pinangakuan akong papakasalan ako at kasamang bubuo ng isang masayang pamilya? Paano ko magagawang humanap ng ibang lalaki na magbibigay sa akin ng kaligayahan 'e kung noong bata palang ako ay nakilala ko na ang kaligayahan ko?

'Tong si Lolo A kadalasan vuvuness e.

Binuksan ko iyung malaking flatscreen TV saka isinalang sa CD player iyong CD na walang title.

Umupo naman ako sa gilid ng kama habang nakatutok sa ang kyot kong mga mata sa TV.

Nag playness na iyong CD. Madilim lang nung una. Pero may boses akong narinig.

"Okay na ba, Klode?"

Boses ni Elton!

"Sandali, Kuya. Inaayos ko ang camera," sagot nung isang boses. Boses bakla. Halatang si Klode. "Ayan na. Smile ka, Kuya. Para kiligin si Althea kapag napanood niya 'to. Haha."

Umayos na ang camera kaya nakita ko na si Elton na nakaupo sa gilid ng kama. Sa eksatong posisyon kung saan ako nakaupo. Matipid siyang ngumiti sa camera habang may hawak-hawak siyang gitara. Bigla tuloy akong napaisip.

Marunong siya mag gitara? Hindi ko alam ah.

"Okay lang ba itchura ko? Baka tawanan lang ako ni Althea kapag napanood niya 'to!" aniya ni Elton sa camera. Kumunot pa noo niya habang inaayos niya ang buhok niya.

"Ayon, Kuya, tatawanan ang mukha mo? E, patay na patay sa'yo iyon!"

Babatukan ko 'tong hindut na bayut na 'to kapag nakita ko mamaya.

"Galit sa akin ngayon iyon. Baka bugbugin pa ako," natawa si Elton "Start na tayo."

Yumuko si Elton saka tinuon ang sarili sa hawak niyang gitara.

Napangiti ako habang tutok na tutok kay Elton sa TV at nagsisimula na siya mag gitara. Hindi ko inaasahan na marunong pala mag gitara ang damuho na 'to.

Muling tumingin si Elton sa camera saka siya ngumiti. Nagsimula na siyang kumanta.

Too many billion people running around the planet What is the chance in heaven that you'd find your way to me Tell me what is this sweet sensation It's a miracle that happened Though I search for an explanation Only one thing it could be♪♫

Hindi kagandahan iyong boses ni Elton. Pero hindi ko maiwasang hindi kiligin at mangilid ang luha dahil sa paraan niya nang pagkanta. Masyadong sinsiridad iyong pagkanta niya. Para bang bawat linya ng kinakanta niya ay sinasabi niya sa akin. Parang itong kanta na ito ang mga salitang gusto niyang sabihin. That I was born for you It was written in the stars Yes, I was born for you And the choice was never ours It's as if the powers of the universe Conspired to make you mine until the day I die I bless the day that I was born for you♪♪

Narinig kong napapahagikgik ng mahina si Klode habang bini-video'han niya si Kuya niya. Si Elton naman focusness lang sa pagkanta at paggitara. Napapahinto rin siya minsan at parang hindi kabisado ang pagtipa sa gitara.

I bless the day that I was born for you What we have the world could never understand or ever take away And as the years go by until the day I die I bless the day that I was born for you ♪♪

"I was born for you, Promdi Girl," ngumiti si Elton sa camera "My Promdi Girl." saka tumayo si Elton kaya nawala siya sa camera "Panood nga ako, Klode. Kapag pangit burahin mo nalang."

"Hindi naman pangit, Kuya. Iyung boses mo lang pangit. Haha."

"Loko ka! Pero mas maganda siguro kung kantahin ko nalang ng live no?"

Nag-uusap sila sa background. Wala akong makita. Puro boses nalang.

"Oo nga. Saka galit sa'yo iyun e. Kaya kantahan mo nalang ng live."

"Tama. Pag punta ko sa probinsya nila, kakantahin ko sa kanya 'to. Thanks, bro!"

Naging black na tuluyan iyong video tapos nag stopness na.

Naramdaman ko nalang ang sarili ko na umiiyak dahil kay Elton.

"Nakakainis ka, Elton. May kakornihan ka rin palang nalalaman!" aniya ko habang humihikbi "Kailangan mo na talagang gumising. Gusto ko marinig ang boses mo pangit!"

Patuloy nalang ako umiyak habang iniisip si Elton. Napatigil lang ako sa pagluha nang may marinig akong kumakatok. Parang natataranta.

"Althea, andiyan ka ba?" si Klode ang kumakantok.

"Bakit? Matutulog ako!" sigaw ko.

"This is not the time to sleep! Kailangan mo malaman ang narinig ko kila Lolo kanina!" seryoso niyang sagot mula sa labas ng pintuan.

Biglang kumabog ang puso ko sa labis na kaba. Parang may hindi ako magandang maririnig.

Tumayo ako at binuksan ang pintuan. Sumalubong sa akin ang mukha ni Klode na mangiyak-ngiyak.

"Anong nangyari? Bakit parang naiiyak ka?" natataranta kong tanong.

"Si Lolo at Kuya Erwin kasi. I heard them talking with the doctor. They said—"

"Teka nga, hindut na bayut, huwag kang mag english. Kapag kinakabahan ako, hindi ako nakakaintindi ng english kaya magtagalog ka," sermon ko "Ano narinig mo?"

Napalunok si Klode, "Nung dadalaw sana ako kay Kuya Elton kanina, narinig ko si Kuya Erwin at Lolo na kausap ang doctor ni Kuya Elton. Narinig ko na sinabi ng doctor ni Kuya na huwag na raw talagang umasa na magigising pa si Kuya. Lagpas isang taon na raw kasi itong comatose. Habang tumatagal ang comatose condition ng

isang tao, mas extensive ang damage sa functions ng brain."

Tumulo na ang luha ni Klode. Pati ako naiiyak na rin.

Nagpatuloy siya, "Sa isang taon at apat na b'wan na comatose si Kuya, walang siyang progress. Hindi man lang gumalaw ang daliri or what. Very hopeless case na. Kaya nasabi ito ng doctor kila Lolo kanina. Nagtanong si Lolo kung pwede na ba raw tanggalin ang mga life-support machines na nakakabit kay Kuya. Ayaw na ni Lolo pahirapan ang kalagayan ni Kuya Elton. Kaya iniisip niya na tapusin nalang ang paghihirap ni Kuya. Tanggap naman niya na hindi na gigising si Kuya Elton."

Tumulo na rin ang mga sarili kong luha. Hindi dahil sa kaligyahan kundi pighati.

"Tapos, akala ko kokontra si Kuya Erwin. Pero, hindi. Pumayag siya dahil ayaw na raw niya mahirapan si Kuya Elton sa kalagayan nito. Matagal na rin daw niyang tanggap na malaki ang possibilities na hindi gumising si Kuya Elton."

"Teka. . .hindi ko maintindihan. Anong point ng sinabi mo?"

Hinawakan ako sa kamay ni Klode.

"Ibigsabihin, pinag-iisipan na ni Kuya Erwin at Lolo na tanggalin iyong mga machines na bumubuhay nalang sa katawan ni Kuya Elton. Gusto na nila tapusin ang paghihirap ni Kuya Elton kaya kapag ginawa nila iyun, dahan-dahan na mamamatay si Kuya. Althea, mawawala na nang tuluyan sa atin si Kuya Elton. Althea, hindi ko kaya iyon."

Para akong binuhusan ng malamig na yelo dahil sa narinig ko. Panandalian akong natulala sa kawalan dahil sa nalaman ko. Ganun pala? Ganun pala ang pinag-uusapan nila Lolo A kanina at Papa Erwin kaya ang seryoso nilang dalawa nang dumating ako.

Tapos, nasabi sa akin ni Lolo A na maghanap nalang ako ng iba? Kasi may plano na siyang tapusin ang paghihirap ng apo niya? Sumagi na sa isipan niya na tanggalin ang mga makenang nagbibigay at sumusuporta sa buhay ni Elton ngayon? Nawalan na siya ng pag-asa na magising pa si Elton?

Anong klase siyang lolo kapag ginawa niya iyon. Swearness. Hindi ko sila mapapatawad.

Binawi ko ang kamay ko na hawak ni Klode at dali-daling pumasok sa loob ng kuwarto ni Elton saka kinuha iyong sulat na nasa ibabaw ng kama. Lumabas din agad ako at nilampasan si Klode.

"Althea, saan ka pupunta?" sigaw niya.

"Sa ospital. Magtutuos kami ni Lolo A!" aniya ko "Buhay niya ang tatapusin ko!"

Muli akong nagpahatid sa ospital. Halos tumakbo na ako para lang makarating sa kuwarto ni Elton.

Pagbukas ko ng pintuan ng kuwarto ni Elton, sumalubong sa akin si Lolo A at Erwin habang kausap na naman si Doc. Gulat silang tatlo na napatingin sa akin.

"Apo, akala ko ba umuwi—"

Hindi pa natatapos ang sinasabi ni Lolo A nang mapatigil siya dahil sa ginawa ko.

Lumuhod ako sa harapan niya.

"Lolo, nakikiusap ako. Huwag niyong ituloy ang binabalak niyo kay Elton. Huwag niyo tanggalin iyong mga apparatus na nakakabit sa katawan niya. Kasi iyan nalang ang bumubuhay sa kanya. Nagmamakaawa ako, Lolo. Huwag niyong gawin kay Elton iyan. Huwag niyong gawin sa akin 'to," yumuko ako habang lumuluha "Lolo, alam kong wala ako sa posisyon 'to dahil kayo ang kamag-anak ni Elton. Apo mo siya kaya may karapatan kang gawin ang alam mo sa tingin na nararapat. Pero, Lolo. Umaasa akong gigising pa si Elton."

"Paano mo nalaman iyan? Sino nagsabi sa'yo?" tumingala ako.

Pagtingin ko, umiyak na rin si Lolo A. Si Papa Erwin naman nangingilid ang luha habang nakaiwas ng tingin. Mukhang masakit din sa parte niya ang mangyayari.

"Hindi na po mahalaga kung sino nagsabi sa akin, Lolo. Pero, nagmamakaawa ako. Huwag niyo tanggalin ang mga iyon. Huwag niyong kunin si Elton sa akin. Mahal na mahal ko po si Elton, Lolo. Alam kong gigising siya. Hindi niya ako iiwan, Lolo."

"Apo," yumuko si Lolo at hinawakan ang kamay ko "Wala nang pag-asa si Elton. Walang-wala na talaga. Kailangan nalang natin tanggapin at mabuhay sa mga alaala ni Elton sa atin. Masakit man itong gagawin pero ito ang kailangan, apo. Para makapagpahinga na rin si Elton."

"Hindi po, Lolo. May pag-asa pa," nilabas ko ang sulat mula sa bulsa ko "Ito pong sulat sa akin ni Elton noon, Lolo. Pinangako niya sa akin na magpapakasal kami at bubuo kami ng pamilya. Iyung pamilya na matatawag naming amin kasi ayaw niya raw ako malungkot. Alam kong gigising si Elton, Lolo. Maghintay lang tayo, Lolo. Maghintay lang tayo nagmamakaawa ako sa inyo."

Nanatili akong nakaluhod sa harap nila Lolo.

"Doc, Kuya Erwin, Lolo A, nakikiusap ako. Maghintay pa tayo. Alam kong gigising si Elton. Hindi siya magpapatalo diyan sa comatose na iyan. Kaya. . .hintay lang tayo."

Hindi ko na nakaya pang magsalita dahil puro pagluha nalang ang nagawa ko.

Kahit nanginginig ang tuhod pinilit kong tumayo at lumapit kay Elton.

Muli kong hinawakan ang kamay niya at kinausap siya.

"Elton, gigising ka, 'di ba? Hindi mo ako iiwan. Kaya, please, gumising ka. Kapag nawala ka sa akin, susundan kita. Sige ka. Makakaya ba ng konsensiya mo na magpakamatay ako nang dahil sa'yo?"

Yinakap ko si Elton at binaon ko ang mukha ko sa tiyan ni Elton. Iyak lang ako ng iyak dahil hindi ko kaya ang mabuhay na wala si Elton sa akin. Hindi ko matanggap ang gagawin nila Lolo A sa kanya.

Habang umiiyak ako, naramdaman kong may humaplos ng buhok ko. Marahan lang ang paghaplos.

"Bakit. . .bakit ka na naman. . .umiiyak?" may boses akong narinig. Masyadong mahina iyong boses "I hate seeing you cry. . stop crying, promdi girl."

Napahinto ako sa pag-iyak nang marinig ko iyong boses na iyon. Dali-dali akong napatingin sa mukha ni Elton at kitang-kita ng kyot kong mga mata na dilat na ang mga mata niya.

Napatakip ako ng bibig dahil sa sobrang gulat.

"Holy shit!" napamura na sa likuran ko si Erwin saka lumapit rin kay Elton "Bro, you are awake?"

"What happened?" mahinang sagot ni Elton "Where am I?"

Hindi ko na alam ang sunod na nangyayari. Biglang umikot ang paningin ko.

Para akong mahihimatay.

Ito na, mahihimatay na ako.

In 3, 2, 1. Mahihimatay na ako. Ughhhhh.

==========

Chapter 60

Epilogue na po ang next :)

COMMENTNESS PLEASE! LAST CHAPTER NA TO OH! HAHAHAHA

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC Chapter 60

Hindi kaagad ako nagkaroon ng chanceness para makausap si Elton bhe nang muli siyang magising. Kinailangan kasi munang suriin ang sitwasyon niya para masiguradong okay na ang kalagayan niya. Okay naman iyon sa akin dahil gusto ko rin malaman kung okay na ba talaga si Elton. Gusto kong masigurado na hindi na ulit siya mako-comatose dahil leche iyang comatose na iyan.

Kapag nakita ko talaga iyang comatose na 'yan, ipapatumba ko iyan. Huwag lang talaga siya dadaan sa kanto namin dahil ipapatira ko siya sa mga tropapis kong mga adik.

Dalawang araw naging busy si Elton. Kapag pumupunta ako ng ospital, wala siya sa kuwarto niya dahil andon siya sa laboratory chorvaness at ineeksamin ang katawan niya. Kapag naman ibinabalik na siya sa sarili niyang kuwarto, mahimbing na siyang natutulog. Kailangan daw ng katawan ni Elton na makabawi ng lakas dahil nakakapagod iyong mga treatmentness na ginawa sa kanya.

Sinabi ko nga sa mga doctor niya na kapag hindi na naman nagising si Elton dahil sa mga ginagawa nila sa bhebhe ko, humanda sila. Lahat sila ay sisiguraduhin kong hindi na sisikatan ng araw. Tinawanan lang nila ako at siniguradong hindi na raw ulit mauulit ang paghimlay ni Elton ng isang taon at apat na b'wan. Okay na raw si Elton pero kailangan lang ng matinding pahinga.

Late na ako nagising ngayong araw dahil hindi ako maayos nakatulog kagabi nang sabihin sa akin na ngayong araw daw ay pwede na ulit makausap si Elton. Todo isip ako buong gabi ng mga bagay na gusto kong sabihin at ikuwento sa kanya. Ayon tuloy, ang prettyness na si ako ay napuyat lang.

Nasa dining area kami ngayon ni Klode at Chris at kumakain ng almusal. Si Klyde naman bukas pa raw makakauwi dahil hindi sila nakakuha ng early flightness ng girlfriend niya. Nang tinawagan ko ito nakaraan para ipaalam ang himalang pag gising ng Kuya niya napamura-mura ito sa telepono. Siyempre hindi ako pumayag na mura-murahin lang kaya minura ko rin siya, no.

"Is he going to sleep again?" pagsasalita ni Chris habang kumakain kami. "What if, Kuya Elton won't wake up again. Do we need to wait for another year?"

Napatigil kami sa pagkain ni Klode at napatingin kay Chris.

"Taray! Andito ka pa pala sa kwento, Chris? Akala ko, wala ka na." pagbibiro ko.

Natawa si Klode, "No, Chris. Everything's fine now. Okay na si Kuya Elton," aniya niya sa bunso niyang kapatid "Hindi na ulit matutulog si Kuya Elton."

Tumingin sa akin si Chris, "Narinig mo iyon, Ate Althea? Kuya Elton won't sleep again. Hindi ka na ulit iiyak sa paghihintay sa kanya. Pwede na kayo magpakasal." ngumiti si Chris.

Kinurot ko ang dalawang pisngi niyang matataba. Natuwa kasi ako sa sinabi niya.

"Salamat, bebe Chris," sagot ko "Salamat dahil nung mga panahon na umiiyak ako, ikaw lagi ang katabi ko sa kama para matulog. Hindi ka natutulog hanggang hindi ako tumitigil sa pag-iyak."

"No problem, Ate Althea. Kailangan ko iyun gawin kasi sabi sa akin ni Kuya Elton, kapag bumalik ka raw ulit dito sa bahay, kailangan kita protektahan kapag wala siya." magalang na sagot ni Chris.

"Sabihin mo iyan mamaya kay Kuya Elton mo," sagot ko "Tinupad mo kasi ang sinabi niya. Tiyak matutuwa iyon dahil big boyness ka na ngayon. Malaki na rin pututoy mo. Heheheh."

Kinurot ko sa huling pagkakataon ang pisngi ni Chris saka na nagpatuloy sa pag-ubos ng kinakain ko. Gusto ko nga rin sana kurutin ang pututoy niya kaso huwag nalang. Baka makalimutan ni Chris na paborito niya akong ate at isaksak niya sa kamay ko iyong tinidor na hawak niya.

Habang kumakain, bigla ko naisip na si Chris ay nagmana kay Elton. Parehas kasi silang matambok ang pwetan at malaki ang pututoy. Nakita ko na ang pututoy ni Elton dahil minsan, ako ang nagpupunas ng katawan niya sa ospital. Ako rin ang nagpapalit ng damit niya. Gusto ko nga sana laruin pututoy ni Elton kaso biglang dumating si Lolo A e nun. Hindi ko nalang tinuloy.

Baka kasi mainggit si Lolo A at ipalaro niya rin sa akin ang pututoy niya. Ayoko naman mangyari iyon dahil neverness kong pinangarap na maglaro ng kikiam, no. Dirtyness overloadness iyon.

Pagkatapos naming kumain, agad na kaming nag-ayos para agad makapunta sa ospital.

Sasakyan ni Klode ang ginamit namin. Nag-uusap silang dalawa ni Chris habang nagmamaneho siya. Dala-dala ni Chris iyong photo album niya kung saan nakalagay iyong mga pictures ni Chris nakaraang taon. Gusto niya raw ipakita sa Kuya Elton niya iyung mga pictureness niya nung lumaban siyang palakihan ng pututoy este Mr. Hovarian Elementary School at iyong fieldtrip nila.

Ako naman nananahimik lang sa likuran at nakikinig lang sa tawanan ni Klode at Chris. Hindi ako makasabat sa usapan nila dahil bigla akong kinabahan. Para ako biglang nahilo habang papalapit kami nang papalapit sa ospital. Hindi ko alam kung ano ang una kong sasabihin kay Elton. Sa sobrang dami kong gustong sabihin sa kanya hindi ko na alam ang uunahin.

Siguro ang una kong sasabihin sa kanya ay ang ganda ko talaga.

Nag park na si Klode nang makarating kami sa ospital at agad kami dumiretso sa paglalakad papasok. Rinig na rinig na agad ang ingay sa loob ng kuwarto ni Elton nang tumapat kami sa may pintuan. Mukhang nasa loob na sila Papa Erwin at Jonas dahil naririnig ko ang mga boses nila.

Hindi na tumuloy sa honeymoon sila Jonas at Patty nang sabihin ko sa kanila nakaraan na gumising na si Elton. Sinabi ko rin sa dalawang iyon na huwag na muna sila umalis dahil mas importante na makita nila si Elton na gising na kaysa sa pag rarak nila sa isa't isa.

Binuksan ni Klode ang pintuan kaya napatingin sa amin si Papa Erwin na nakaupo habang kandong-kandong si Ate Jewel na ang laki-laki na ng tiyan. Nasa loob din si Patty na nakatayo habang nakaakbay sa kanya si Jonas. Si Elton naman nakaupo sa kama niya at halatang bagong ligo.

Wala si Lolo A. Nasaan kaya iyong matanda na iyon? Baka kay Sir. Ferds nagpalaro ng pututoy niya. Bromance pala ang dalawang oldieness. ECHOS!

"Kuya!" masayang sigaw ni Chris saka tumakbo papunta kay Elton.

"Wow, Chris. Ang laki-laki mo na!" gulat na gulat na wika ni Elton. "Big boy ka na, bunso!"

Tinulungan ni Jonas isampa si Chris sa kama ni Elton. Nang tuluyan nang makasampa si Chris, agad siyang hinila ni Elton para yakapin nang pagkahigpit-higpit. Habang magkayakap ang dalawang mag kuya, kitang-kita namin na dahan-dahan yumugyog ang balikat ni Chris. Umiiyak siya.

"Awwww," sabay na sabi ni Ate Jewel at Patty dahil sa eksena.

"Ang sweet ni utoy, Irog ko," aniya ni Ate Jewel. "Mahal na mahal talaga niya ang kanyang koya,"

"Sssh, don't cry big boy," pagpapatahan ni Elton kay Chris. "Kuya won't sleep again. Gising na ako."

Hinalikan ni Elton ang ulunan ni Chris saka sila naghiwalay sa pagkakayakap. Umupo si Chris sa gilid nang kama. Lumapit naman ang hindut na bayut sa Kuya Elton niya.

"Kuya, how are you?" pagmumura ni Kloding.

"Klode," ngumiti si Elton "I'm doing great. Where's your twin brother?"

"He is out of the country with his girlfriend, Kuya. Pero bukas daw babalik na sila,"

"Nice. Talagang nagtino na si Klyde?" tanong ni Elton kaya tumango si Klode "Mabuti naman kung ganon. Finally, nahanap na niya ang babaeng makakapagpatino sa kanya. Who would have thought that a player like him would actually fall in love?"

"Naku, bro. Kung makikita mo lang si Klyde dati. Halos mabaliw-baliw iyun nang maghiwalay sila ng girlfriend niya," pag singit ni Papa Erwin "Umiyak yun sa harapan ko. Humihingi ng tulong kung paano sila magkakabalikan."

"Sa akin din," aniya naman ni Jonas "Nang minsang makita ko siya sa bar. Talagang nilunod niya ang sarili niya sa alak. Tapos tinatawag niya pangalan ng girlfriend niya habang umiiyak."

"I'm so glad that he was finally back in shape. Mas matindi sa atin magmahal si Klyde," saad naman ni Papa Erwin "Kapag talaga nagmahal ang isang player, masyadong malala. Naisip ko nga nun na sayang dahil hindi ako naging player e. Edi sana ganon ako kalala magmahal."

"Naku, irog ko. Subukan mo lang," sumagot si Ate Jewel "Subukan mo lang maging player. Ihahambalos ko talaga sa'yo ang palakol ng itay."

"Joke lang, mahal. Ito naman hindi mabiro," sagot ni Papa Erwin saka hinalikan sa pisngi si Ate Jewel. "Hindi ko naman kailangan maging player kasi sa pagmamahal ko palang sa'yo kuntento ka na, 'di ba?"

Tumango si Ate Jewel, "Sadya, irog ko. Hindi lang ako sa pagmamahal mo kuntento. Pati kaya sa kama. Kuntentong-kuntento ako sa'yo. Aba'y kagaling mo kayang—"

Napatigil si Ate Jewel sa sinasabi niya dahil mabilis tinakpan ni Papa Erwin ang bibig niya.

"Oh, tama na, mahal. Baka kung ano pa ang masabi mo. May bata dito."

Saka muling umingay ang kuwarto dahil sa lakas ng tawanan nila.

Ako naman nananatili pa rin sa may pintuan at hindi alam ang gagawin. Tahimik lang akong nakamasid sa kanila. Okay na ako dito. Okay na ako na makitang tumatawa na ulit si Elton na para bang walang nangyari sa kanya. Mukhang hindi naman niya napapansin na andito ako e.

"Ikaw ba, Klode. May girlfriend ka na?" nakangiting tanong ni Elton sa kapatid niya.

"Kuya naman!" natatawang sagot ni Klode "Wala, no."

"Wala kang girlfriend. E, boyfriend, meron ba?" aniya ulit ni Elton "Klode, tanggap na namin kung anu ka pa. Okay? We don't care kung hindi babae ang nagugustuhan mo. Kung lalaki ang gusto ng puso mo, edi lalaki. We are in no position to judge. We're falcon brothers. Kaya susuportahan ka namin sa mga desisyon mo. Right, Erwin?"

"That's right," pag sang-ayon naman ni Papa Erwin "You've grown into a smart guy, Klode. Kung may nagugustuhan ka ng lalaki, ipakilala mo siya sa amin ni Kuya Elton mo. Dalhin mo siya sa mansion. Huwag na huwag ka lang niya lolokohin dahil paniguradong bago pa namin mabasag ang mukha niya 'e nabasag na ni Klyde ang mukha niya."

"Ughh! Kuya Elton, Kuya Erwin, tama na nga 'tong usapan na 'to," asar na saad ni Klode "Wala akong boyfriend. Wala akong nagugustuhan. Okay ba? Focus ako sa pag-aaral."

"Basta nga kapag may boyfriend ka na, ipakilala mo sa amin," dugtong ni Papa Erwin.

"At sisiguraduhin mong mas gwapo sa'yo, Klode. Baka mag boyfriend ka ng pangit." si Elton naman.

"Ughh! Kuya, stop na!" pulang-pula na ang buong mukha ni Klode. Hiyang-hiya na siya.

Napatawa rin ako sa sarili ko. Ngayon ko lang kasi nakita si Klode na sobrang hiyang-hiya sa dalawa niyang Kuya. Ang saya makita na masyadong magkakasundo ang mga falcon brothers. Sayang wala si Klyde. Kung andito siya, ang sarap nilang tignan na magkakasama.

Tumalikod na ako at aalis nalang sana para pumunta sa ibaba nang mapahinto ako sa dahil sa boses na narinig ko. Biglang nanigas ang dalawa kong tuhod dahil sa boses niya.

"Saan mo naman planong pumunta na hindi nagpapaalam?" aniya ni Elton "Ha, my promdi girl?"

Kabado akong lumingon. Paglingon ko sa kanila, lahat sila nakangisi sa akin. Si Patty napatakip pa ng bibig at napahagikgik. Pero kay Elton naka-focusness ang tingin ko. Seryoso siyang nakatingin sa akin na para bang ako nalang ang nakikita niya sa kuwartong ito.

"Uh," parang nanuyo bigla ang lalamunan ko "Sa ibaba lang sana."

Kumunot ang noo ni Elton, "Anong gagawin mo don?"

Umiling ako, "Wala naman. Nagkakasiyahan kasi kayo rito. Mukhang hindi naman ako kailangan," pabebe kong sagot. Siyempre kailangan ko mangonsensya, no.

"Nagkakasiyahan?" naguguluhang sagot ni Elton. "Hell. You are my happiness, promdi girl." inilahad ni Elton ang kamay niya sa ere. "Come here," aniya niya na parang inaabot ako.

Hindi agad ako nakagalaw. Ayaw sumunod ng mga paa ko.

"Ay, ang arte pa ni, ma'am Althea, oh," aniya ni Patty "Dali na, Althea. Gising na si bhebhe mo, oh. Huwag ka na mag-inarte diyan. Sabi mo, 'di ba, kapag gumising siya, hahalikan mo siya?"

"Sinabi niya yun?" gulat na sagot ni Elton saka muling tumingin sa akin, "Paano ba yan, Althea. Gising na ako, oh. Where's my kiss?"

Tinignan ko si Patty, "Yari ka sa akin mamaya, Patty. Susuntukin ko iyang bilat mo para hindi ka ma-rak ni Jonas next week." pananakot ko. Tanging tawa lang ang sagot ni gaga.

"Come here," aniya ulit ni Elton. Hindi ibinababa ang kamay niyang nasa ere.

Huminga ako nang malalim saka lumapit kay Elton. Nanginginig ang kamay ko nang hawakan ko ang kamay ni Elton. Ang init ng kamay niya. Masyadong komportable hawakan.

Parang. . .parang katatapos niya lang kumamot sa betlog niya. Charot.

Iyung init ng palad ni Elton ay nagpapatunay na okay na talaga siya.

Bigla akong hinila ni Elton kaya natumba ako at bumaon ang ulo ko sa dibdib niya.

"I miss you," bulong niya sa akin saka hinalikan ni Elton ang noo ko "Thank you for not giving up on me and waiting for me to wake up again, Althea." seryoso ang boses ni Elton.

Nangilid ang mga luha ko kaya bago pa sila tumulo binaon ko nang husto ang mukha ko sa dibdib ni Elton. Yumakap din ako nang pagkahigpit-higpit sa katawan niya na parang wala na siyang planong pakawalan pa. Ayokong umiyak. Ayokong umiyak.

"Gusto niyo bang iwan muna namin kayo, bro?" narinig kong tanong ni Papa Erwin.

Hinahaplos ni Elton ang buhok ko, "No need, bro. Lalabas muna kami ni Althea." yumuko sa akin si Elton "May pag-uusapan tayo. Punta tayo sa garden ng ospital."

Tumango at umayos nang pagkakatayo. Pinunasan ko rin ang luha sa gilid ng mga mata ko.

"Naku, ma'am althea. Huwag ka muna umiyak. I-reserve mo yan para maya-maya," aniya ni Patty saka na naman napahagikgik ang gaga.

"Anong meron maya-maya?" naguguluhan kong tanong.

Nagkapalitan ng tingin sila Patty, Jonas, Ate Jewel, at Papa Erwin saka sabay-sabay nagsalita.

"Wala!" aniya nila na akala mo may tinatago.

Si Klode naman napatawa lang saka napailing-iling.

Tinulungan ni Jonas si Elton na makababa ng kama niya saka umupo sa wheelchair. Kailangan muna ni Elton mag wheelchair dahil nanlalambot pa raw ang mga tuhod niya kaya hindi pa siya makapaglakad nang maayos. Nang makaupo na si Elton sa wheelchair, inayos niya muna ang buhok niya dahil tumatakip na ito sa mga mata niya.

Napangiti ako sa sarili ko. Ang gwapo niya kasi.

Ang yummyness pa.

Ang hotness pa.

Sarap-sarap ni Elton bhe.

Tumingin sa akin si Elton, "Pwede mo ba akong itulak, Althea?"

"Surness ka? Itulak talaga kita?"

Tumango si Elton saka ngumiti, "Yeap. Hindi ko kasi kayang itulak sarili ko."

"Sige," aniya ko saka ngumiti.

Pumosisyon ako sa likod ni Elton saka idinikit ang mga palad ko sa likuran ni Elton. Huminga muna ako nang malalim saka bumwelo na para itulak si Elton nang pagkalakas-lakas.

Sa sobrang lakas nang tulak ko kay Elton, tumilapon siya at nahulog siya sa may sahig. Yung mukha niya tumama pa sa sahig. Rinig na rinig ang pagkalabog ng mukha ni Elton sa sahig.

"Shit!" napamura si Papa Erwin dahil sa nangyari. Napatayo pa siya.

"Hala, Althea. Bakit mo siya tinulak?" aniya ni Jonas saka dali-daling nilapitan si Elton para tulungan makatayo at muling makaupo sa wheelchair.

Napakamot ako ng ulo ko, "Sabi niya itulak ko siya e."

Nasampal nila ang mga noo nila dahil sa sagot ko.

Si Elton naman himas-himas ang mukha niya saka napatawa, "Shit. Nakalimutan kong bobita ka nga pala, Promdi Girl. Kaya dapat nilinaw ko ang sinabi ko," aniya niya "Sakit ng mukha ko."

"Sorry," aniya ko "Hindi ko kasi alam. Sabi mo itulak kita e."

Nilingon ako ni Elton saka siya ngumisi, "You're forgiven." tugon niya saka siya umayos ng upo "Tara na, Althea. Paki-tulak na ang wheelchair." pagliliwanag niya.

"Yan. Linawin mo kasi. Ang gulo mo magsalita e." sabi ko saka na tinulak ang wheelchair.

Palabas na sana kami ng kuwarto ni Elton nang tawagin ni Papa Erwin si Elton.

"Bro!" aniya ni Papa Erwin.

Paglingon ni Elton sa nakakatanda niyang kapatid, may hinagis itong kung anong maliit na bagay. Agad naman ito nasalo ni Elton at itinago sa bulsa sa suot niyang short.

"Thanks for doing me a favor, dude." nakangiting aniya ni Elton.

"No worries, bro. It's about time." sagot ni Erwin "Matagal nang naghihintay si Althea para diyan."

Talagang nagmumurahan pa silang dalawa sa harapan namin.

Pagtingin ko kay Patty, kinindatan niya ako. Si Ate Jewel naman napahagikgik lang. Parehas ko silang inirapan kasi hindi ko alam kung bakit ganon ang expressioness nilang dalawa.

Muli ko nang itinulak ang wheelchair ni Elton. Tahimik lang kaming dalawa habang bumabaybay patungo sa garden ng ospital. Hindi ko alam kung bakit gusto ni Elton pumunta doon. May gusto ba siyang sabihin na walang dapat makaalam? Kinakabahan tuloy ako.

Napapatingin kay Elton iyong mga babaeng nadadaanan namin. May dalawang nurse kaming nadaanan na nang mapatingin kay Elton ay biglang kinilig.

Mga nurse na 'to ang sarap tusukan ng injection sa mga mata.

Nakarating na kami ni Elton sa garden ng ospital.

"Doon tayo," turo ni Elton don sa bench.

Yung itaas na kuwarto sa may bench ay kuwarto ni Elton dito sa ospital. Pagtingin ko doon, nakita ko si Patty na kumakaway sa akin. Inirapan ko nga ang gaga. Tse.

Umupo ako sa may bench habang si Elton naman ay nasa harapan ko at sa wheelchair niya pa rin nakaupo. Walang nagsasalita sa aming dalawa. Parang nagpapakiramdaman kami kung sino ang unang magsasalita.

https://youtu.be/LpzBp2aRweE

Biglang humangin nang malakas kaya napahawak ako sa buhok ko. Baka kasi tangayin ng hangin 'tong wig kong suot mahirap na. Baka maloka si Elton kapag nakita niyang kalbo pala ako. Chos!

Nang mapatingin ako kay Elton, huling-huli ko siya na titig na titig sa akin habang nakangiti. Hindi siya umiwas ng tingin. Mas lumaki pa ang ngiti niya nang magtama ang mga mata naming dalawa.

"Bakit kung makatingin ka sa akin parang ako ang araw na nagbibigay ng liwanag sa mundo mo?" natatawa kong tanong. Para kasing ganon kung tumingin si Elton sa akin e.

Napailing si Elton saka niya hinawakan ang kamay ko, "You are not just a sun to me, Promdi Girl," tugon niya "You are my whole goddamn universe. You are my axis. My anchor. My. . .my fuckin' everything."

Napatitig ako kay Elton dahil minura niya ako.

"Nagkakamurahan na naman ba tayo?" tanong ko.

Natawa si Elton, "Hanggang ngayon talaga bobita ka pa rin. But it's one of the million reasons why I fell in love with you," nilaro-laro ni Elton ang daliri ko. "Hindi ko talaga ma-imagine na isang taon at apat na b'wan akong comatose. Parang sa sarili ko, isang araw lang akong nakatulog. Ang dami tuloy nangyari. Ang dami kong na-missed na events. Tss. It feels like I've missed half of my life."

Patuloy lang si Elton sa paglalaro ng mga daliri ko na parang bata. Yung buhok niya tumatakip talaga sa mga mata niya kaya hinawi ko ito. Napatingin sa akin si Elton.

"Oo nga. Ang tagal mo akong pinaghintay. Akala ko. . .akala ko hindi ka na gigising pa."

"Sorry," malungkot niya akong nginitian "Nung nasa comatose stage ako, may napaginipan ako, Promdi Girl."

"Ano naman?" nagtataka kong tanong.

"Napaginipan ko si Mommy and Daddy. Nasa isang kuwarto raw ako nun tapos may dalawang pintuan. Unang bumukas ang pintuan sa kanan ko. Pagtingin ko, nakita ko si Daddy and Mommy dun. Para silang buhay na buhay. Agad ko silang nilapitan at yinakap. I told them how I missed them How I loved them and how my life changed since they left us. Tinanong nila ako kung gusto ko na ba raw sumama sa kanila. I said yes without thinking."

Nag ku-kwento lang si Elton kaya pinapakinggan ko lang siya. Habang nagsasalita siya patuloy pa rin siya sa paglalaro ng daliri ko.

"Nung sasama na sana ako papasok sa pintuan na pinaglabasan nila, biglang bumukas ang pintuan sa kaliwa ko. Pagtingin ko, nakita kita dun. I mean, I saw your younger self. The Thea that I met when I was young. The younger Thea was looking at me with a sad expression on her face. She kept on calling my name. Begging me to stay. Sabi niya huwag daw akong umalis. Umiiyak siya sa harapan ko. Then, nakita ko nalang ang sarili ko na bumalik ako sa younger self ko. Iyung Ton-Ton version ko. Binitawan ko ang kamay ni Mommy and Daddy saka lumapit kay Thea. We cried together as we hugged each other."

Tumingin sa akin si Elton, "Iyun nalang ang natatandaan ko sa panaginip ko. When I opened my eyes after that, you were crying infront of me. My chest hurts that time. You were crying again because of me. Palagi ka nalang umiiyak nang dahil sa akin. I always made you cry."

Napangiti si Elton pero kitang-kita ko na iyung luha sa gilid ng mga mata niya.

"Nung hindi pa kita muling nakikita at hindi ka pa napupunta sa mansion. I was already fine with my life. I was fine the way it was. Wala na akong kakailanganin pa kasi akala ko noon nasa akin na ang lahat. I thought Jen was enough. I thought that my love for her was my happiness. My you proved me wrong. When you came into my life, you proved that my life was wrong." natawa si Elton. Parang may nakakatawa siyang naalala "When you entered my life, you changed it into something I did not imagine. Sinong mag-aakalang iyung mga kabobohan mo noon ang magpapasaya sa akin? You showed to me what was happiness really meant. I started to like you and that like turned into love eventually. I was confused. Naguguluhan ako dahil paano kita nagawang mahalin ganung mahal ko si Jen. Gulong-gulo talaga ako mula nang dumating ka sa buhay ko."

Hinawakan ni Elton nang mahigpit ang kamay ko.

"But you are Althea, you are my kind of miracle. You healed my broken and lost soul without even knowing how you did it. Because of you. I did not aware that someone could possibly be my strength and my weakness at the same time. I was too drowned in you, Althea. All I could think was I love you with all my heart and soul. Kahit anong todo pigil ko sa nararamdaman ko for Jen, wala e. Mas tumimbang ang pagmamahal ko for you. Hindi ko alam kung paano mo ginawa iyon."

Iyung mga luha ko papatulo na. Todo pigil lang ako.

"Nalaman ko lang sa sarili ko na mas mahal kita kaysa kay Jen nang makita kitang umiiyak nang dahil sa akin. Before, when Jen was crying, I wanted to do something for her just to stop her from crying. I wanted to do anything just to remove the pain that she felt. But when you were the one who was crying, I did not know what should I do. I just wanted to cry too."

"Pero kahit alam ko na ang totoo kong feelings para sa'yo, nagbulagbulagan pa rin ako. When you left me, my life became tragedy. My life became a constant battle. My life became miserable everyday. My heart went numb when you left me. My sould was nowhere to be found. And everytime, I closed my eyes, I always see you. I always see your smile. I always hear your life. You became everywhere, Althea."

"Look at that!" may tinuro si Elton mula sa likuran ko.

Pagtingin ko sa likuran ko, napatingin ako doon sa may bintana ng kuwarto ni Elton. Nakita ko si Patty and Jonas na may hawak-hawak na tela na may tatlong lobo sa magkabilaang parte. Binitawan nila ito kaya lumipad ito sa ere. Nang bumukas ang puting tela, nabasa ko ang nakasulat doon.

WILL YOU MARRY ME, PROMDI GIRL?

Napatakip ako ng bibig ko dahil ang baho ng hininga ko—joke.

Napatakip ako ng bibig ko dahil sa gulat sa nabasa ko. Pagtingin ko ulit kay Elton, nakita kong nakaluhod na siya sa harapan ko habang may hawak-hawak siyang singsing.

Ngumiti si Elton kasabay nang pagpatak ng luha niya.

"I'm so sorry If I took too long to fulfill my promise, Althea. I'm so sorry for being this late to realized what you really are to me. But do not worry anymore. Hand na akong patunayan sa'yo kung gaano kita kamahal. I'll prove to you that I'm gonna love you til the end of time. I am more than willing to be with you forever. Loving you may not be this easy and our relationship may not work everytime, but I assure you, we're not going to leave each other because of that. I'll understand yo everytime and I'll love you for the rest of my life."

Tumulo na ang luha ko habang tumutulo rin ang luha ni Elton.

Nag-iiyakan kaming dalawa.

"Hindi mo alam kung gaano kita kamahal, Althea. Kulang ang mga salita para ilarawan kung ano ba talaga ang nararamdaman ko para sa'yo. But please, marry me. Let's start fulfilling our promises that we made since we were kids. Let's start fulfilling the promises that Thea and Ton-Ton had made. Will you marry me, Althea Josefa Marinduque?"

Kumikinang ang mga mata ni Elton dahil sa luha na nanggagaling sa mga mata niya.

Hindi ko inaakalang ang isang Elton Alexander Guevarra Falcon ay iiyakan ako nang ganito.

"Thea, paglaki ko papakasalan kita."

"Oo na, Ton-Ton. Paulit-ulit ka naman e."

"Hehe. Baka kasi makalimutan mo."

"Paano ko makakalimutan kung palagi mo ipinapaalala?"

"Ah basta. Papakasalan ni Elton Alexander Guevarra Falcon si Promdi Girl na si Althea Josefa Marinduque."

Humangin nang malakas nang maalala ko iyong alaala na iyon.

Pinunasan ko ang luha ko saka ngumiti kay Elton.

"Siyempre naman," sabi ko "Papakasalan talaga kita. Kaya nga kita hinintay na magising, 'di ba? Oo, Elton Alexander Guevarra Falcon. Papakasalan kita!"

Mas nagningning ang mga mata ni Elton dahil sa narinig niya. Nanginginig niyang isinuot sa daliri ko ang singsing na hawak niya saka siya dahan-dahan na tumayo.

Hinawakan ni Elton ang baba ko at itingala sa kanya. Napapikit ako nang palapit nang papalapit ang mukha niya sa mukha ko. Naramdaman ko ang malambot na labi ni Elton na dumikit sa sarili kong labi.

Iyong halik na pinagsaluhan naming dalawa ay parang unang halik namin sa isa't isa.

Napakasarap sa pakiramdam na tipong ayoko na sanang matapos.

"Thea, I love you!"

"Hala, Ton-ton. Ang bata pa natin para mag I love you han."

"Pero mahal kita e."

"Uhm sige na nga. I love you tooness na rin."

Naghiwalay ang mga labi namin ni Elton sa isa't isa pero hindi niya inilayo ang mukha niya sa akin. Nakadikit lang ang noo niya sa noo ko habang titig na titig siya sa mga mata ko.

"I love you," bulong niya "I love you so much, Promdi Girl."

Napangiti ako.

"I love you," aniya ko "I love you so much, San Goku."

Natawa si Elton.

"Forever," tugon niya ulit "And always."

==========

Wakas

Thanks for reading That Promdi Girl. Sana napatawa, napakilig, at napaiyak kayo sa kwento ni Althea Josefa and Elton Alexander. Magkita-kita tayo sa kwento ni Brylan Klyde and Nikki! =)))

COMMENT AND VOTENESS DAHIL WAKAS NA ITO! BWAHAHAHA!

**

THAT PROMDI GIRL written by owwSIC WAKAS

When my father was still alive, he often told me that I should find a girl that does not comes easy. A girl that would still love me even if I hurt her so many times. A girl that would still smile at me even if I make her cry. A girl that would still pick up the broken pieces of her heart and still handed it to me. A girl that could wait for me for so many years. A girl that can make me laugh, cry, sad, frown, and make me feel the true happiness. A girl like that I couldn't see often.

And when I meet this girl, I should fight for her and never let her go. My father told me that loving this girl would be worth it. Hindi raw ito mapapantayan ng kahit anong bagay sa mundo. Love is a wonderful feeling that couldn't afford of anything. And If I find the girl I want to spend the rest of my life with, I should treasure her more than my life.

I was proud to say that I met the girl that my father was talking about when I was a kid.

Althea Josefa Marinduque.

Nung nakilala ko siya, ang daming nangyari sa pagitan naming dalawa. Ang daming masasaya at malulungkot na nangyari sa buhay namin. But who would actually thought that after all everything we've been through, after all the pain we've felt, after all the tears we've shared, darating pa rin kami sa punto ng buhay namin kung saan tutuparin namin ang pangarap na binuo naming dalawa noong nagkakilala kaming dalawa noon.

"You looked like you were about to passed out, dude," I heard my bestfriend and my best man Jonas talked as he tapped my shoulder. Nilingon ko siya and I smiled nervously.

"I did not expect na ganito pala kakaba magpakasal," I said "I want to vomit

because of so much excitement. Para akong mahihimatay," tumawa ako.

He smiled proudly, "Ganyan din ako dati. Sobrang saya sa pakiramdam, 'di ba?" he said and I nodded "I'm so proud of you, man. Natupad na niyo na rin ni Althea ang pangarap niyo."

"Yeah," I smiled triumphantly "Natupad na rin ang isa sa pangarap ko." I grinned.

Nagpatuloy lang kami ni Jonas sa pag-uusap habang nasa harap kami ng altar. We joked and laughed silently dahil kahit kanina pa kami tinitignan ng pari. Okay lang naman dahil hindi pa naman nagsisimula ang kasal. Hinihintay pa na dumating si Althea. Hinihintay pa na dumating ang babaeng magiging official wife ko in a few hours.

Ang daming bisita na pumunta ngayon dito sa kasal naming dalawa ni Althea. Hindi namin inaasahan na ganito karami ang inimbita ni Lolo. Halos businessman and business partners niya ang andito. He was too proud for this wedding. Bilang lang ang kakilala ko personally. May ilang taga probinsya rin na inimbita si Althea. I hired a bus for them para hindi na sila ma-hassle sa byahe.

"Andiyan na ang bride!" sigaw ng wedding organizer "Let's start na!"

I took a deep breath. Ngumiti ako kahit na halos dumoble na ang kabang nararamdaman ko.

https://youtu.be/XRuDQ6aYeD0

Nagsimula na tumugtog ang wedding song namin ni Althea. Beautiful In White by Westlife ang kanta. Tamang-tama para sa pangalawang pinakamasayang pangyayari ngayon sa buhay ko. Pangalawa lang dahil ang pinakaunang pinakamasayang pangyayari sa buhay ko ay iyong araw na nakilala ko si Althea. Iyong araw na nakilala ko ang babaeng gusto kong makasama habang buhay.

Nagsimula na mag marcha iyong mga member ng entourage. Unang pumasok si Klyde kasama ang girlfriend niya. He was grinning while he was looking at me. He was too proud for me. I grinned back. Next year ang plano nilang magpakasal ng girlfriend niya.

Sumunod naman si Klode and Erwin. Hindi na sumama si Jewel sa pag-march dahil masyado na malaki ang tiyan niya. She was pregnant for their second child. Biruin mo iyon? Nakakadalawa na si Erwin samantalang ako wala pa. They married each other last year by the way. Sa simbahan din na ito ginanap ang wedding nila. Dito kasi nagpakasal sila Mom and Dad before.

"I'm so proud of you," Erwin mouthed.

"Thank you, bro," I mouthed back as I smiled.

"Ganda ni Jen," narinig kong bulong Jonas sa likuran ko.

Tinignan ko si Jen at napangiti ako sa sarili ko. She was too damn stunning. Lahat ng mga lalaking bisita ay napapalingon kay Jen habang naglalakad. Nakangiti lang siya. Nang magkatinginan kaming dalawa, her smile grew wider. Kitang-kita ko sa mga mata niya kung gaano siya ka-proud sa akin ngayon. She was happy for me and Althea. Kaya kahit busy ang schedule niya, sinigurado niya talagang makakapunta siya ngayon sa kasal namin ni Promdi Girl.

Sumunod nang nag march ang ilang pang bahagi ng entourage. Si Chris ang ring bearer. Si Dyosalyn naman ang flower girl. Siya iyung student ni Althea noon sa probinsya.

Coin and bible bearer naman si Eliot—ang panganay na anak ni Erwin at Jewel. Isang taon palang ito ngayon kaya masyado pang makulit. Nagtawanan ang lahat nang tumakbo ito palabas. Tumayo tuloy si Erwin para habulin ang anak niyang sobrang kulit.

Napatigil lang ako sa pagtawa nang makita ko na si Althea na pumasok ng simbahan. Nasa tabi niya si Lolo dahil si Lolo ang maghahatid kay Althea papunta sa akin.

Lahat nang bisita napalingon kay Althea at napangiti. Halu-halong expressions ang sumilay sa mga mukha nila. Pero iisa lang ang expression ng karamihan. Gandang-ganda sila sa ayos ni Althea ngayon. Tsk. Kapag nalaman ni Althea iyan, tuwang-tuwa na naman iyan panigurado.

Althea was wearing off shoulder wedding gown. Iyong dulong laylayan ng gown ni Althea ay nasa labas pa rin ng simbahan dahil sa sobrang haba nito. Ganitong style raw ang gusto ni Althea kaya ganun ang pinagawa namin. After all, siya ang masusunod sa kasal naming dalawa. She was my goddamn universe, my axis, my world, and my everything. Gusto ko masaya siya sa kasal namin.

Hindi ko maialis ang tingin ko kay Althea habang marahan siyang naglalakad. Mag pinag-uusapan silang dalawa ni Lolo kaya tumatawa silang dalawa. Nang mapatingin siya sa akin, ngumisi si Althea.

Napailing-iling nalang ako sa sarili ko dahil alam ko ang ibig niyang sabihin.

'Gandang-ganda ka na naman sa akin, no?'

Naging seryoso ang tingin ni Althea sa akin ni Althea pero may matipid na ngiti ang labi niya. Habang naglalakad siya papunta sa akin, bigla kong nakita iyung younger version ni Althea na nakita ko noon. Iyung Thea na pinangakuan ko ng kasal kapag laki naming dalawa. Iyung Althea na umiiyak noon dahil wala raw siyang pamilya kaya sinabi ko sa kanya na gagawa kami ng sarili naming pamilya kapag lumaki na kami. Iyong Promdi Girl na una kong nakilala noon.

Naramdaman kong nangilid ang luha ko habang titig na titig pa rin kay Althea. Bago ko pa punasan ang luha ko, tumulo na agad ito sa pisngi ko. I was crying while looking at her. My eyes and heart were crying because of so much happiness that I was feeling. Shit. I was too lame. Ako pa talaga ang umiiyak ngayon imbis na si Althea. But I couldn't help myself but to cry.

Sino bang lalaki ang hindi mapapaiyak kung dumating na ang oras na papakasalan mo ang babaeng nagsisilbing buong mundo mo? Sinong lalaki ang hindi mapapaluha kung papakasalan ka ng babaeng naging sentro ng puso at kaluluwa mo?

Dumating na si Althea sa harapan ko. Bigla siyang tumawa.

"Bakit ka umiiyak?" tanong niya "Gandang-ganda ka sa akin, no? Nakakaiyak ba kagandahan ko?"

Umiling ako, "Nakakaiyak pagiging bobita mo," tugon ko na kinatawa ni Jonas at Lolo.

"Oh, mga apo, baka mag-away pa kayo, ha." sabi ni Lolo saka niya binigay sa akin ang kamay ni Althea. Malugod ko naman itong hinawakan at pinisil nang marahan.

Tumingin ako kay Lolo, "Lolo, thank you," I said wholeheartedly.

He shook his head, "Wala iyon, apo. Be happy."

"Lolo, thank youness," aniya naman ni Althea kay Lolo. "Ganda ko talaga. Di ba, Jonas, ang ganda ko?"

"Haha. Oo na, Althea. Ang ganda mo." tugon naman ni Jonas.

Nagkatinginan kaming dalawa ni Althea. Tapos ngumiti siya.

"I'll make you happy, Althea," sabi ko habang nakatitig sa mga mata niya "I promise. I'll make you happy for the rest of our lives. I will love you forever, Promdi Girl."

Kumunot ang noo ni Althea, "Magpapakasal na nga lang tayo tapos mumurahin mo pa ako,"

"Hay, Althea. Hindi ko na alam ang gagawin ko sa'yo," sabi ko "Buti nalang iyang pagiging bobita mo ay isa sa minamahal ko. Huwag kang magbabago, ha." kinurot ko ang ilong niya.

"I love you, Elton Alexander Falcon," saad niya na may matamis na ngiti.

"I love you, too, Althea Josefa Marinduque—Falcon," I grinned "I so damn love you, Mrs. Falcon."

My father often told me before that I should find a girl that does not comes easy.

A girl that would still love me even if I hurt her so many times.

A girl that would still smile at me even if I make her cry.

A girl that would still pick up the broken pieces of her heart and still handed it to me.

A girl that could wait for me for so many years.

A girl that can make me laugh, cry, sad, frown, and could make me feel the true happiness.

A girl like that I couldn't see often.

A girl like Althea Josefa Marinduque.

Yeah. Definitely a girl like her.

I was too damn proud to say that That Promdi Girl is my wife.

**

A married life doesn't easy. Magiging hyprocite ako kapag sinabi kong naging smooth ang pagsasama naming dalawa ni Althea sa mga bawat taon na lumilipas simula nang magpakasal kaming dalawa. No kidding. Hindi madali. Lalo na ang sobrang selosa ni Althea. Lahat ng babaeng nakakasalamuha ko sa trabaho ay kinaseselosan niya.

Dumating pa iyong time na may sinugod siyang business partner ko na kasama kong mag dinner dahil may pinag-uusapan kaming new project. Pinuntahan kaming dalawa ni Althea sa isang restaurant at sinabunutan iyong kasama ko. Hindi pa siya nakuntento ay binuhusan pa niya ito ng wine sa ulo. Galit na galit si Althea noon. Pero mas galit na galit ako sa kanya after that.

Nag-away kami pagkatapos. Nagkasigawan sa bahay at natulog sa magkabilang kuwarto. She slept in our daughter's room habang ako naman sa guest room natulog. Naiinis kasi ako sa ginawa niya. Buntis siya for our second child tapos ang lakas ng loob niyang gumawa ng eskandalo. Paano kung may mangyaring masama sa baby namin? Anong gagawin niya?

Of course, I won't love less because of that. Sure, kadalasan talaga nakakaubos ng pasensiya si Althea pero hindi mangangahulugan na maghihiwalay kami. Ako na ang nagbaba ng pride ko. Kinausap ko si Althea nun at nag sorry. She said sorry too. Nagsumbong daw kasi si Nicca sa kanya na nagloloko ako dahil sobrang taba na raw niya dahil sa pagbubuntis niya.

Sinabi ko sa kanya na paano ko siya lolokohin kung siya at si Aliyah Alexie at ang magiging first baby boy naming dalawa ang buhay ko?

They're my axis. My anchor in life. I would not trade them for anything because I already got my everything. They're my family and I love them too damn much.

After 10 years of being married with Althea, hindi lang puro kasiyahan ang naranasan naming dalawa. A tragedy came in our life, too.

My Lolo died.

Hindi siya namatay dahil may sakit siya. Namatay siya dahil sa labis na katandaan. Lolo was happy when he left us. Nakita niya kasi muna ang mga anak namin bago niya nilisan ang mundo. Higit sa aming lahat, si Althea ang labis na umiyak sa libing ni Lolo. Nahimatay pa nga siya nun.

**

https://youtu.be/9u7tFwNjuO4

50 years have passed since Althea and I got married.

Biniyayaan kami ng Diyos ng tatlong anak.

Si Aliyah Alexie, Elbon Andres, and Elton Alexander Jr.

After Elbon Andres got married with his foreigner wife, we found out that Althea has a stage 4 ovarian cancer. Agad ko siyang pinasuri sa magagaling na doctor sa Pilipinas pero walang nakagamot sa kanya. Dinala ko na rin siya sa America at umaasang magagamot doon si Althea pero wala. Hindi na kaya ng treatment ang sakit ni Althea. Masyado na itong malala.

When Althea's ovarian cancer entered the final stage, hiniling niya sa akin na iuwi nalang siya sa Pilipinas at sa bahay nalang siya manatili.

Mas gusto niya raw sa bahay magpahinga dahil doon daw nakakapag-relax siya. Hinang-hina na ang katawan ni Althea kaya nagrereklamo siya sa lamig sa USA.

I granted her wished. Mabilis ko siyang inuwi sa Pilipinas at sa kuwarto nalang sa bahay namin siya nagpapahinga. Katulong ko si Elbon at asawa niya sa pag-aasikaso kay Althea. Si Aliyah kasi ay nasa ibang bansa na nakatira habang si Elton Jr. ay busy sa masteral degree niya.

Hindi ko iniiwan si Althea. Hindi na ako pumapasok sa kumpanya at ginagawa ko nalang ang mga paper works sa bahay namin. Kahit na 73 years old na ako I'm still working.

Ito lang kasi ang katangi-tanging paraan para maalis kahit papaano sa isipan ko ang paghihirap na nararanasan ni Althea. Kahit papaano nawawala panandalian sa isip ko na may sakit si Althea and anytime soon pwede na niya akong iwanan. Pwede na siyang mauna sa akin.

3 days before Christmas, I lost my heart and soul. Althea called me using her weak voice.

Hinawakan ko ang kamay niyang sobrang payat na. She smiled weakly at me. Hindi mo na makikilala ang itchura ni Althea dahil sa labis na kapayatan ng katawan niya.

"Do you need anything, wife?" I asked her. Trying to calm myself. Forcing myself not to cry.

"O. . .oras na," hinang-hina niyang binuksan ang mga mata niya "Kailangan. . .kailangan ko na umalis."

Gusto kong umiyak sa harapan ni Althea. Gusto kong humagulgol at magmakaawa sa kanya na huwag muna. Na hindi ko pa kayang iwanan niya ako. Na hindi ko kayang mabuhay kinabukasan at harapin ang katotohanang wala na si Althea sa akin. Hindi ko kayang tanggapin ang masakit na reyalidad na una akong iiwan ni Althea. Na mawawala na sa akin ang Promdi Girl ko.

Pero hindi ko kailangan maging selfish. I needed to accept this. I needed to accept this for her. For myself. For our daughter and sons. She badly needed to rest. Masyado nang nanghihina ang katawan ni Althea and I know that she kept fighting just for me. Ayaw niya kasi akong iwanan.

Pero dumating na ang oras para magpaalam. Kahit masakit, kailangan tanggapin. Minsan kahit sobrang sakit ng katotohanan, kailangan mo itong tanggapin. Hindi mo kasi ito pwedeng takbuhan.

Mahigpit kong hinawakan ang kamay ni Althea. Pinipilit ang sarili na huwag lumuha. Pinipilit ko ang sarili ko na kumalma kahit paulit-ulit nang nawawasak ang puso ko mula sa loob ng dibdib ko.

"Naging. . .naging masaya ka ba sa akin, Elton?" nanghihinang tanong ni Althea sa akin. "Naging masaya. . .kaba sa pagsasama natin ng limang pung taon?"

I nodded, "I was too happy, wife. Kulang pa ang mga salita para ilarawan kung gaano ako kasiya sa pagsasama natin simula nang makilala kita at magpakasal tayong dalawa," nangilid ang luha ko "I love you since then and even until now. Kahit na iiwan mo na ako ngayon, mahal pa rin kita. Mahal na mahal kita, Althea. I still love you and I surely always will."

May sumilay na matipid na ngiti sa labi ni Althe, "Ako rin. Masayang. . .masaya ako, Elton. Salamat sa pagtupad sa mga pangarap natin noong mga bata palang tayo. Tandaan mo, kahit saan ako mapunta, kahit saan ako mapadpad, ikaw lang ang mamahalin ko. Mahal na mahal kita, Elton."

Pumatak na ang mga luha ko na kanina ko pa pinipigilan.

"I love you," hinalikan ko ang kamay ni Althea habang patuloy na lumuluha ang mga mata ko. "You will always be my Promdi Girl. Hanggang sa next life natin, ikaw lang ang mamahalin ko. I love you. I love you. I love you, Promdi Girl. I love you. Forever and always."

Tumitig sa mga mata ko si Althea habang lumuluha ang mga mata niya. Tapos dahan-dahan nang sumarado ang mga mata niya kasabay nang paghulog ng kamay niya sa kama.

Wala na siyang buhay. Iniwan na ako ni Althea. Iniwan na ako ng babaeng nagsisilbing buhay ko.

Napatakip ako ng sariling mukha at pinakawalan na ang mga hagulgol. Napuno nang hagulgol ko ang kuwarto naming dalawa ni Althea.

3 days before Christmas, I lost my heart and soul.

I lost my everything. I lost my wife. I lost my Promdi Girl.

Althea Josefa Marinduque—Falcon passed away at the age of 71 years old.

**

1 year after Althea died, nakahiga nalang ako sa kama kung saan eksaktong binawian ng buhay si Althea. Hinang-hina na ang katawan ko at alam ko nang ngayong araw na ako susunduin ni Althea. Isang taon ko rin siya pinaghintay kaya hindi ko na dapat patagalin pa. I badly wanted to see Althea. I miss her so much. Hindi ko na kayang maghintay pa ng napakatagal na panahon.

Hindi ko na mabuksan ang mga mata ko dahil sa labis na panghihina. Ang tangi ko nalang alam ay may mga tao sa paligid ko. Mahina silang umiiyak dahil sa kalagayan ko. Nasasaktan sila. Nalulungkot dahil alam nilang nalalapit na ang oras na iiwan ko sila.

Pero ako? Do I feel sad? No. Hindi ako nalulungkot dahil alam kong kapag iniwan ko sila, makikita ko naman ang babaeng nagsilbing buhay ko mula noon hanggang ngayon.

Kaunting tiis nalang, Althea. Kaunting tiis nalang, Promdi Girl. Magkikita na rin tayo.

Habang nakapikit, bigla kong naalala iyong unang beses namin magkita ni Althea sa mansion.

Nasa kuwarto ako noon, trying to sleep because I was too exhausted. Kakauwi ko lang galing sa isang business matter sa Iloilo. Ipipikit ko palang ang mga mata ko nang may marinig akong kumatok mula sa pintuan ng kuwarto ko. Iritadong-iritado akong binuksan ang pinto.

"What?" I hissed at Fernando—my grandfather right hand.

"Sir, andiyan na po si Althea," sabi niya "Pumunta raw kayo sa study room sabi ng lolo niyo."

"Got it," sabi ko saka muling sinarado ang pintuan.

Tumingin muna ako sa salamin sa kuwarto ko. Mag-aayos sana ako ng sarili ko pero hindi ko na tinuloy. Hindi na rin ako nag-abalang mag short pa. Tumungo ako ng study room ni Lolo na tanging boxer lamang ang suot. Hindi ko na kailangan mag pa-impress sa babaeng papakasalan ko raw dahil sigurado naman akong hindi iyon matutuloy.

Binuksan ko ang pintuan ng study room ni Lolo. Hindi na ako pumasok. Nakatayo lang ako sa pintuan. Bored na bored na tinignan ang babaeng kausap ni Lolo. She looked so ordinary.

Napatingin sa akin iyung babaeng may pangalang Althea. Halatang nagulat siya sa ayos ko. Gusto kong tumawa sa reaksyon niya pero pinigilan ko lang ang sarili ko. Mukha kasi siyang bobita. Iyung babaeng shunga-shunga. Mukhang magiging masaya naman kasama itong babae na 'to rito sa mansion. Halatang mapupuno niya ng tawanan ang bahay na 'to na matagal nang tahimik.

"Elton, apo, dumating na si Althea," Lolo said and I just gave her a bored look. "Iha, siya si Elton."

"Hello!" sabi sa akin ni Althea. Naiilang pa siyang kumaway sa akin.

Mukha talaga siyang shunga-shunga. Damn. I badly wanted to laugh.

Nanatiling poker face ang mukha ko. Ayokong malaman niya na natutuwa na agad ako sa

kanya.

"Hi," sagot ko saka na tumalikod at padabog na sinarado ang pintuan.

Agad akong nagtungo sa sarili kong kuwarto para tumawa nang tumawa.

Humiga ako sa kama ko habang may ngiti pa rin sa sarili kong labi.

"That Promdi Girl," I said to myself. Still smiling. "She looked someone that I knew."

She really looked someone that I knew.

Because that Promdi Girl turned out to be my one and only.

My one and only true love.

Naramdaman ko nang unti-unti nang nawawala ang lakas ko. Unti-unti nang binabawi ang buhay ko. Mas lumakas ang iyakan sa paligid ko. Pero ako, hindi ko mapigilan na hindi mapangiti.

Lalo na't nang tuluyan akong binawian ng buhay, mukha agad ni Althea ang nakita ko.

"Elton!" pagtatawag niya sa akin habang naglalakad ako papunta sa isang ilaw na nakakasilaw.

"Althea," sabi ko saka lumapit na kay Althea, "Thanks for waiting."

Ngumiti si Althea nang pagkatamis-tamis. Iyong klase ng ngiti niya na nakita ko noong nagpakasal kaming dalawa. Mahigpit niyang hinawakan ang kamay ko.

"Readyness?" tanong niya.

Tumango ako, "Yeah," sagot ko "I love you, Promdi Girl."

Napahagikgik si Althea sa sinabi ko saka na kami naglakad patungo doon sa nakakasilaw na liwanag.

I love you, Promdi Girl.

Forever and Always.

Salamat sa paghihintay sa akin.

THE END.

==========

Special Chapter

Kapag maraming comments, BAKA mag post ulit ako ng special chapter. So, kayo na bahala :D

Married Life With My Promdi Girl : Special Chapter

A married life is hard.

But a married life with my promdi girl is even harder.

Who would have thought na six months palang kaming kasal at mag-asawa pero pakiramdam ko gusto ko nang sukuan si Althea. Don't get me wrong. I love her so much it hurts and I vowed to love her until my last breath. Mas mahal ko pa siya sa buhay ko. She's my fuckin' everything and I do not give a flying fuck kahit na bobita pa rin si Althea kahit na mag-asawa na kaming dalawa.

It's just that, marrying her does not easy like 1 2 3. Sa bawat araw na lumilipas, she's giving me a reason to leave her. Palagi niya akong inaaway kahit na wala naman akong ginagawa sa kanya. Sinasabi niyang hindi ko siya mahal kahit na minu-minuto kong sinasabi kung gaano ko siya kamahal. Nabawasan daw ang sweetness ko sa kanya after I married her.

Paano niya ba nasasabi ang mga bagay na iyon? E, to be honest, kulang na nga lang, halikan ko iyung mga nilalakaran ni Althea para lang malaman niya kung gaano ako kapatay na patay sa kanya. Hindi rin ako pumapayag na makipag-business meeting sa isang babae dahil iyong last na babaeng ka-meeting ko ay pinag-awayan naming dalawa. Hindi niya ako pinapasok sa kuwarto namin.

Naglalakad na ako sa loob nang kumpanya namin habang minamasahe ang noo ko nang makasalubong ko si Jonas. He was grinning from ear to ear when he saw me.

"Having a tough day again?" natatawa niyang tanong.

"Dude, more like I had a tough night," na i-stress kong sagot. "Mas lalong gumagrabe si Althea sa mga bawat araw na lumilipas, pre. Para na akong babawiin ng buhay sa kanya."

He laughed, "Why? Ano na naman ginawa niya kagabi?" tanong ni Jonas "Mas grabe ba iyan sa pag shaved niya ng buhok ni Nicca? Dude, that was epic. Sa tuwing naaalala kong kinalbo ni Althea si Nicca, tawang-tawa pa rin ako. Even Patty, laughtrip talaga."

Hindi ko mapigilan na hindi rin mapatawa nang maalala ko iyong nangyari last week. Althea shaved Nicca's hair. Pag-uwi ko ng sarili naming bahay, nakita ko si Nicca na umiiyak sa kusina habang may nakatakip sa ulo niya. When I asked her why, pinakita niya sa akin ang ulo niyang kalbo na.

Sinumbong niya sa akin si Althea na pinagtripan daw siya nung araw na iyon. When I asked Althea why she did it, ang sagot lang ng magaling kong asawa 'e bored daw siya. Gusto nga raw niya ahitin lahat ng buhok ni Nicca sa katawan nito pero umiyak na si Nicca kaya pinabayaan na niya.

Althea even begged at me to shave my hair down there.

Nung una, ayoko pumayag dahil hindi ko trip ang hairless sa private part ko. Pero nang umiyak na si Althea sa harapan ko, wala na. Talo na ako. I'm so damn weak whenever she cries. Pinagbigyan ko nalang ang gusto niya para hindi na siya umiyak. Hinayaan ko siyang i-shaved ang buhok ko down there. Galak na galak siyang inaahit ang buhok ko sa ano ko habang nakahiga ako sa kama.

Sighed.

"Mas grabe, pre," sagot ko kay Jonas nang pumasok kami sa conference room dahil may early meeting kami. "Hindi ako pinatulog ni Althea buong magdamag kaya inaantok ako ngayon."

"Anong ginawa niya ngayon?" curious na tanong ni Jonas. Umupo kami habang hinahantay si Erwin at ibang board members para sa urgent meeting maya-maya.

"Gusto raw kumain ni Althea kagabi ng BBQ, man,"

Napataas ang kilay ni Jonas, "What's wrong with that? E, ang dami niyo palaging pork sa fridge niyo, 'di ba? Iyung kusina ng bahay niyo akala mo palaging may fiesta sa dami ng pagakin."

I eyed him, "Dude, sana nga lang ganon kadali e," I retorted "Sana pork lang sa ref ang gusto ni Althea. Pero hindi, pre. Hindi pork sa ref kundi pork ni Dudong. Gusto

niyang katayin si Dudong at gawing BBQ kagabi. Naglalaway daw siya sa laman ni Dudong kaya gusto niya itong iluto."

"Holy shit, man," gulat na sagot ni Jonas.

"Holy shit talaga," I agreed with him. "Todo pigil ako kay Althea, Jonas. Hanggang sa pagtulog namin, tumatakas siya sa kuwarto para puntahan lang si Dudong sa likod ng bahay. Binantayan ko tuloy siya buong gabi para hindi matuloy pagkatay niya kay Dudong."

Jonas burst in laughter. Napahawak pa siya sa tiyan niya habang tumatawa. He was enjoying this moment. Natatawa siya sa mga trip ni Althea buhay samantalang ako sumasakit na ang ulo ko. Hindi ko na alam ang gagawin ko kay Althea at kung bakit siya nagkakaganito.

Mas lalo siyang grumabe ngayon kaysa dati. But I still love her more than anything else.

Maya-maya pa, dumating na si Erwin kasama ang mga board members. Nag start na ang meeting namin kung saan tinatalakay ang mga possible countries na pwede naming tayuan ng store for our famous and expensive wines. We're carefully thinking to expand our market.

Nagsasalita si Erwin as our company's COO habang ini-explain niya sa akin kung papaanong marketing ang gagawin namin. I need to hear this first kasi kahit na agree lahat ng board members sa mga suggestion niya 'e sa akin pa rin magmumula ang final decision. Ako na kasi ang falcon's company CEO. Nilipat sa akin ang posisyon dahil ayaw daw ni Erwin ng stress sa buhay.

"I am thinking na magkaroon muna tayo ng party sa Milan, Italy para malaman ng mga tao doon na masarap talaga ang wine natin," Erwin explained "And for sure, if that happened—"

Napatigil si Erwin sa sinasabi niya nang itinaas ko ang kamay ko to signal wait. Naramdaman ko kasing nag ba-vibrate ang phone ko. May tumatawag. Plano ko sanang hindi pansinin ang call pero nang makita kong ang Wife is calling 'e alam kong hindi ko dapat ito palampasin.

Alam ko kasing kapag hindi ko nasagot ang tawag ni Althea 'e magsisimula na naman ang world war III. Ayaw ni Althea na mas inuuna ko ang work ko kaysa sa kanya. Dahil nung minsang hindi ko nasagot ang tawag niya dahil busy ako sa meeting, nung pagkauwi ko sa bahay, hinagis niya sa mukha ko iyong mga kaldero. Ayoko na ulit maranasan iyon. Ang sakit sa mukha't katawan.

"Yes, wife?" I answered my phone.

"Mahal mo ba ako, Elton?" she questioned me using her sweet voice.

"Of course," mabilis kong sagot. Mukhang may napasukang gulo na naman 'tong si Althea. Tsk.

"Kung mahal mo ako," sagot niya "Pupuntahan mo ako kung nasaan ako ngayon, 'di ba?"

Kumunot ang noo ko. Lahat ng tao rito sa conference room ay nananahimik habang nakatingin sakin. Alam kasi nilang kapag kausap ko si Althea dapat walang maingay.

"Ano na namang kaguluhan ang pinasok mo ngayon, Althea?"

"Hehehehe," tawa lang ang sinagot niya sa akin.

"Althea," todo pigil ako sa sarili ko. "Anong ginawa mo ngayon? For someone's sake."

"Uhm, ano kasi, Elton," nauutal niyang pagsasalita "Nasa mall kasi ako ngayon."

"And then?" sagot ko habang minamasahe na naman ang noo ko.

"Tapos may nakita akong magandang damit. Sinukat ko 'to,"

"Nagustuhan mo ba? Kung nagustuhan mo, bilhin mo na. I gave you credits card, right? Gamitin mo iyun kung may gusto kang bilhin. Bilhin mo lahat ng gusto mo, wife."

"Hindi ko naman gusto yung magandang damit," paliwanag niya "Gusto ko lang sukatin talaga. Tapos nung sinukat ko na, lumabas na ako ng shop. Hindi ko binayaran iyong damit."

"WHAT?" napasigaw ako kaya nagulat ang mga board members. Si Erwin titig na titig sa akin habang si Jonas naman nagpipigil na naman sa tawa. "Why did you do that?"

"Uhm, ano. Gusto ko lang ma-tryness na mag shopliftness sa mall." Jesus H. Christ "Tapos nahuli ako ng guard. Pinahubad sa akin iyung damit. Papaalisin na sana ako kaso nakita iyung dala-dala kong bag. Punong-puno ng mga damit iyung bag ko. Sabi ko hindi ako ang naglagay nun. Sabi ko si Nicca naglagay nun sa bag ko. Kaso ayaw nila maniwala."

"Si Nicca ang naglagay sa bag mo nun?" gulat kong tanong "Nasaan si Nicca ngayon? Kasama mo ba?"

"Nasa bahay si Nicca, Elton," sagot niya "Hindi ko siya kasama nag-mall. Pero siya talaga naglagay sa bag ko nung mga damit. Promiseness. Siya talaga naglagay kahit nasa bahay siya. Hindi ko nga alam kung paano niya nagawa iyun. Magicness ba. Totoo

pala ang magicness, Elton ko?"

Holy shit.

I hardly shut my eyes, "Nasaang mall ka ngayon?"

"Yung mall na malapit sa bahay natin," saad niya "Gusto ka raw makausap ng manager, Elton. Ayaw ako paalisin e. Kailangan ka raw makausap. Fan mo ata siya. Famous pala ang asawa ko?"

"Okay. I'm on my way. Hintayin mo ako diyan."

"Galit ka ba, Elton?" ramdam ko ang lungkot sa boses ni Althea.

Kapag ganitong boses ang ginagamit niya natutunaw na ang galit ko.

"I'm not mad at you. I would never be mad at you, wife,"I said sincerely "Pero sana, kahit minsan, kahit minsan lang talaga, huwag mo gamitin ang bobita brain mo. Nakaka-stress kasi."

"Kung galit ka sa akin bakit mo ako minumura?"

I rolled my eyes heavenwards, "I love you. Foreves and always. Papunta na ako diyan." I ended the call. Napahilamos ako ng mukha gamit ang mga kamay ko dahil sa sobrang stress.

I stood up, "Gotta go, guys. Kailangan ko puntahan Mrs. ko."

"But we're in the middle of the urgent meeting, Mr. Falcon," one of the board members spoke.

I looked at him, "To hell with this urgent meeting. Nothing comes before my wife. She's my priority and this damn meeting is my least priority. So, shut up," tumingin ako kay Erwin "Ikaw na bahala dito, Kuya. Talk to you later."

Napailing-iling si Erwin, "Kapag talaga tinatawag mo akong Kuya, hindi kita kayang hindian. Tsk. Sige, tol. Puntahan mo na asawa mo. Baka kung ano na naman ang gawin."

"May nagawa na siya. Kaya ko nga pupuntahan." sagot ko na kinatawa nang malakas ni Jonas.

"Wife goals talaga 'tong si Althea e," aniya ni Jonas "Matutuwa na naman nito si Patty."

"Shut up, Jonas," I said as I existed the conference room.

Halos tinakbo ko na ang papuntang parking lot para agad makasakay sa sasakyan ko. Habang nagmamaneho ako papuntang mall kung nasaan si Althea, tinawagan ko ang lawyer ko. Sinabi ko na kailangan ko siya. Kinuwento ko sa kanya ang ginawa ni Althea ngayon kaya tawa na naman siya nang tawa. Tinanong niya kung ano ba raw nahithit ni Althea at ganon mga trip sa buhay.

Mabilis naman akong nakarating sa mall dahil walang traffic. Thank, God. I immediately parked my car. Lumakad naman ako agad papuntang management's office.

May nakausap akong guard. Nagpakilala ako na asawa ako nung babaeng nag shoplift. Mukhang nagulat pa iyong guard dahil tinignan niya ako mula ulo hanggang paa.

"Seryoso, sir? Asawa niyo iyung babae na iyon?" gulat niyang tanong habang nakatitig pa rin sa akin. "Hindi kayo nagbibiro? Mukha kayong mayaman, sir e. Pero bakit nag shoplift siya?"

Seryoso ko siyang tinignan, "I don't know and I don't care. Now, tell me, where is my wife?"

"Naku, sir. Mukhang mahihirapan kayo. Baka pabayaran sa inyo iyong kinuha niya."

"I don't give a damn whether I have to pay the things my wife shoplifted or I have to buy this whole damn mall just to get my wife and secure her safety. Kaya kong bilhin ang buong lugar na 'to. Now, tell me. Where is my wife. Bago pa ako maubusan ng pasensiya." I said between my gritted teeth.

"Ay, sir. Andon pos a room sa dulo. Sa left side po." natatakot niyang sagot.

"Thanks." saad ko at dumiretso na agad sa tinuro niyang kuwarto.

Lumakad agad ako papuntang kuwarto at binuksan ang pintuan. Pagbukas ko, may nakita akong isang lalaki at isang babae na nag-uusap. Mukhang staff sila ng mall. Nabaling ang tingin ko sa asawa ko na andon sa gilid habang tahimik na nakaupo. Akala mo inapi siya. Mukha siyang kawawa.

"Althea," tinawag ko siya. Pati iyung babae at lalaki napatingin sa akin.

"Elton ko!" tumakbo agad papunta sa akin si Althea.

Yinakap niya ako nang mahigpit habang nakabaon ang mukha niya sa dibdib ko.

"Okay ka lang, wife?" tanong ko sa kanya habang hinahaplos ang buhok niya. "Wala naman ba silang ginawa sa'yo?"

Umiling siya, "Wala naman. Ayaw lang nila ako paniwalaan na asawa kita." tumingin siya sa akin "Pinakita ko kasi sa cellphone ko iyung pictureness natin. Sabi ko asawa kita. Pero ayaw nila maniwala. Photoshopness lang daw iyon. Kilala ka raw nila. Fan mo talaga sila."

Napatango-tango nalang ako sa sinabi ni Althea habang nakayakap pa rin siya sa akin nang mahigpit. Pagtingin ko doon sa lalaki at babae na staff ng mall, titig na titig sila sa akin. Akala mo nakakita sila ng artista. The guy cleared his throat.

"Mr. Falcon," kilala niya ako "Totoo palang asawa niyo siya?" turo niya kay Althea.

"May problema ka ba asawa ko?" seryoso kong tanong.

"Belat! Akala mo liarness ako, no?" tugon naman ni Althea "Asawa ko kaya 'tong si Elton Alexander Falcon. Hindi ako nagsisinungaling, no. Patay na patay kaya sakin 'tong lalaking malaki ang pwetan na 'to. Di ba, Elton. Patay na patay ka sa akin?"

Tinignan ko si Althea na hindi inaalis ang pagkakayakap sa akin.

"Yeah. Yeah. Whatever," tumingin ulit ako dun sa lalaki at babae.

Napansin kong nagpapa-cute sa akin iyong babae. She batted her eyelashes at me. As if I was interested. Kahit sexy siya. Wala pa rin siyang panama sa Althea ko. Kahit na bobita 'tong asawa ko totoo ang sinabi niya. Totoong head over heels ako sa bobitang promdi girl.

"So, ano na kailangan gawin?" tanong ko dun sa lalaki.

"Uh, sir. We have to discuss why your wife shoplifted in our mall."

"Can we just pay it?" tanong ko "Magkano ba?"

"Nasa P12,000 po iyong amount ng mga damit," sagot nung lalaki.

Tumingin ako kay Althea, "Dala mo ba mga credits card mo?"

"Hindi. Ang nadala ko iyong calling cards mo." napanguso siya.

I sighed. Dinukot ko ang wallet ko saka naglabas ng P12,000 cash.

"Here," I handed it to him "Papunta na rin ang lawyer ko. Kung may kailangan pang gawin, kausapin mo nalang siya. Iyung mga damit, pakibigay nalang diyan sa kasama mong babae. Kanina pa nagpapa-cute sa akin e. Nagkulang ata siya sa damit kaya sa kanya nalang."

Tumalikod na ako at hinawakan sa kamay si Althea. Lumabas na kami ng management's office. Hindi ako nagsasalita habang naglalakad kami. Hila-hila ko lang ang asawa ko.

Nang makarating kami sa parking lot at sa tapat ng sasakyan ko, pinagbuksan ko ng pintuan si Althea. Hindi agad siya sumakay. Malungkot lang siya nakatingin sa akin.

"Galit ka sa akin." aniya.

Hinawakan ko ulit ang mga kamay niya saka hinalikan ang mga ito.

"Hindi ako galit, wife," sabi ko saka ngumiti "I'm not mad, okay?"

"Galit ka," pag pupumilit niya "Galit ka sa mga kabobitahan na ginagawa ko."

"Hey!" pagpigil ko "Hindi nga ako sinabi galit. Sure, nakakainis nga pagiging bobita mo. But It does not mean na galit ako. When I married you, I also married your bobita side. I married you not for just how you laugh, cry, smile, or sleep. I married your everything, wife. Kahit na araw-araw kang gumawa ng kalokohan at araw-araw kitang sunduin para lang linisin ang mga kalokohan mo, ayos lang sa akin. Hindi ako magagalit dahil lang bobita ka."

"Bakit hindi ka magagalit?" nagtataka niyang tanong.

Diretso akong tumingin sa mga mata ni Althea.

"Isn't it obvious? Because I love you so much," saad ko "I love you. That's all. All your flaws, mistakes, smiles, laughs, jokes, sarcasm, everything, I love you more than you'll ever know."

Napasimangot siya, "E, bakit mo ako minumura?"

Natawa ako, "Hay. Kasi nga mahal kita kaya kita minumura. Sa sobrang pagmamahal ko sa'yo, nagagwa na kitang murahin. Hindi ko na kasi ma-contain iyung pagmamahal ko. It's just too much."

Finally. Napangiti na si Althea. Hinalikan niya ako sa pisngi saka sa labi. Diniin niya pa ang labi niya sa labi ko kaya napangiti ako. I love it when she does that.

"Mahal na mahal din kita, Elton bhe."

"I know," saad ko "Mahal na mahal din kita. Forever."

"And alwaysness," saad ni Althea saka siya napahagikgik.

Muli akong yinakap ni Althea nang sobrang higpit. Kaya pakiramdam ko, lahat ng pagod, stress, puyat, pagkairita, pagkayamot, at inis na nararamdaman ko ngayon ay biglang naglaho.

It's funny that in just one kiss and hug of Althea, everything went away. May kakayahan talaga siya na lunurin ako sa pagmamahal ko sa kanya. And kung ikamatay ko man tong pagmamahal ko sa kanya, I am more than willing to die without regret.

Loving her this much is my happiness. This promdi girl is my bliss.

People say that everyone has a weakness. But they are all wrong. Because I have three weaknesses. I am weak for everything she does. For everything she says. And I am weak whenever she cries.

Nakatulog na si Althea sa sasakyan habang bumabyahe kami pauwi ng bahay. Mukhang pagod siya sa pag sa-shoplift niya kaya nakatulog na siya. Binuhat ko tuloy siya papasok ng kuwarto namin nang makarating na kami sa bahay.

Marahan ko siyang nilapag sa malaki naming kama at kinumutan dahil masyadong malalim ang aircon ng kuwarto. Umupo ako sa tabi ni Althea at pinagmasdan ang mukha niyang natutulog nang mahimbing. Napangiti nalang ako sa sarili ko.

I really love this promdi girl with all my entire human being.

Kahit na araw-araw niya akong binibigyan ng rason para sukuan siya. Kahit na nakaipon na ako ng libu-libong reasons para lang magsisi na pinakasalan ko siya. Isang rason lang ang kailangan ko para hindi ko siya iwanan at sukuan. Isang rason lang talaga.

And that's I love her more than my life.

That's all that matters.

"Kanina na palagi mo pinapasakit ang ulo ko," pagkausap ko kay Althea habang natutulog siya, "I still love you more than anything in this world. I so fuckin' love you, Promdi Girl."

Lumabas na ako ng kuwarto at nagtungo na sa ibaba para magpaluto kay Nicca ng pagkain.

Nang maikasal kami ni Althea at lumipat sa sarili naming bahay, si Nicca ang kinuha naming katulong sa mansion. Sabi ko nga kay Althea tatlong katulong ang isama namin dahil ang laki-laki ng bahay at tiyak mapapagod si Nicca sa kakalinis nito.

Ang tangi lang sinabi ni Althea na huwag na at hayaan nalang si Nicca. Gustong-gusto niya raw makita na nahihirapan si Nicca. Life goals niya raw iyon. Hahaha.

"Nicca?" sigaw ko habang naglalakad papuntang kusina "Magluto ka nga ng carbonara."

"SIR!!" bigla ko narinig na sumisigaw si Nicca. "Sir, tulong po!!"

Nagmumula ang boses sa likuran ng bahay. Tumakbo agad ako papunta sa kinaroroonan ng boses ni Nicca. Pagdating ko sa likuran, nakita ko agad si Nicca na nakasabit sa puno.

"Holy fuck, Nicca. Anong ginagawa mo diyan?" gulat kong tanong.

Halos magkulay violet na ang mukha ni Nicca. Halatang kanina pa siya nakasabit sa puno.

"Si ma'am althea, sir," naiiyak na sabi ni Nicca "Bored daw siya kaya ito, sinabit niya ako. Tulong, sir. Hindi ko na talaga kaya. Mukhang si ma'am althea ang makakapatay sa akin. Huhuhu."

Una, kinalbo niya si Nicca. Tapos sunod naman, sinabit niya sa puno.

Oh, Jesus H. Christ.

Patawarin niyo po ang asawa kong promdi girl na bobita.

**

Kawawa naman si Elton Alexander. Stress na stress na sa buhay may-asawa. Haha!

Hello, thank you for reading Promdi Girl! :D

==========

Special Chapter 2

Special Chapter 2 – Your Pwetness Is My Favoriteness Foreveness.

"Oh, God. Wife, will you please stop doing that? I'm too sleepy!" naiinis na tudyo ni Elton bhe.

Kanina pa siya inaantok pero hindi niya magawang makatulog dahil kay Althea.

"Bakit mo ako minumura? Porket ang laki-laki na ng tiyan ko. Porket ang taba-taba ko na. Mumurahin mo nalang ako? Ha? Ganyan ka na ba, Elton? Porket nakuha mo na ang gusto mo sa akin?" naiiyak na sabat naman ni Althea "Ginaganito mo nalang ang kagandahan ko? How dareness youness! Kung alam ko lang na magiging ganyan ka, edi sana, si Jonas nalang ang pinakasalan ko!"

Elton rolled his eyes heavenward. Nag-iinarte na naman kasi si Althea. Palaging ganyan ang sinasabi niya sa tuwing hindi nakukuha ng bobita ang gusto niya o hindi naibibigay ni Elton ang hinaing nito sa buhay. Palaging sinasabi na sana si Jonas nalang ang pinakasalan niya blab bla bla.

Kapag nasa office tuloy sila ni Jonas hindi niya maiwasan na hindi mabwisit kay Jonas kahit wala naman itong ginagawa sa kanya. E, bakit ba? Para kasi kay Elton, kahit sa kanya na ng buong-buo si Althea, karibal niya pa rin si Jonas. Hindi siya makakapayag na doon, 'no. Kahit na kasal na si Jonas kay Patty. Mananatiling karibal ang tingin niya rito nang dahil kay Althea.

Pak! Ang ganda ni Althea, 'di ba? Pak! You! Althea! LOL!

Mula talaga nang mabuntis ang gaga sa una nilang anak at lumaki ang tiyan niya, naging madrama na siya. Akala mo naman pagkaganda-ganda. Porket nakabingwit ng isang Falcon. Hala siya, kung makapag-inarte walang humpay. Sarap balian ng bones sa leeg sa totoo lang.

Umayos nang pagkakahiga si Elton. Humarap siya sa mapag-inarte niyang asawa na ang sarap-sarap bigwasan nang paulit-ulit ngayong gabi.

"Hindi kita minumura, wife," Elton said in his most sweetest tone "Ang sabi ko lang, pagod ako. Tama na sa pangungulit sa katawan ko. Hindi ka pa ba nagsasawa sa katawan ko?"

Napanguso si Althea. Akala mo ulit kinaganda niya kapag nakanguso siya. Nagmukha lang naman siyang pang-apat na myembro ng tatlong bibe. Siya 'yung bobitang bibe. 'Yung mapag-inarteng bibe na ang sarap itumba. 'Yung bibeng ang sarap-sarap talagang sakalin.

"E, bakit naman ako magsasawa sa katawan mo? Yummyness mo kaya!" saad ng bobita "Siguro kaya ayaw mo kinukulit kita dahil may babae ka sa office mo, 'no? Nako, Elton Alexander, malaman ko lang talaga. Aahitin ko 'yang buhok mo sa pututoy mo!"

"Wala ng buhok. Inahit mo na naman kahapon, remember?"

"Ay! Nakakainis ka naman, Elton. Patubuin mo ulit. Para may maahit ako!"

Natampal na ni Elton ang noo niya. Wala talagang filter ang bunganga ni Althea. Haru jusko. Kung hindi niya lang mahal na mahal si Althea, baka nasapok na niya 'to ngayon.

Humikab na si Elton dahil sobrang antok na talaga siya.

"Huy, Elton!"

"Uhm,"

"Pakurot sa pwet mong matambok!"

Gusto ni Elton na tumanggi kaso antok na antok na talaga siya. As in. Besides, he has this early meeting tomorrow. So, para makatulog na siya nang maayos, hahayaan niya nalang si Althea sa gusto nito mangyari.

Dumapa siya saka niya bahagyang ibinababa ang suot niyang boxer. Expose na expose tuloy ang pwetan niyang matambok na nga at maputi pa.

Napahagikgik naman ang bobitang Althea nang makita niya ang pwetan ng asawa niya. Baliw na baliw talaga siya sa matambok na pwetan ni Elton. Hay nako, mahalay na bobita.

Kinurot ni Althea nang ilang beses ang pwetan ni Elton hanggang sa magsawa siya. Siya na rin mismo ang nagtaas ng boxer ng asawa. Abot hanggang tainga ang ngiti ng promdi girl dahil nahawakan at nayapos na naman niya ang perky butt ni Elton.

Napakaswerteng bobita talaga. Ugh. Kairita ka, ma'am! Ikaw na ang luckyness. Youness na talaga!

"Masaya ka na ba?" nakangising tanong ni Elton.

Hindi niya rin maiwasan na hindi mapangiti dahil alam niya kung gaano kabaliw si Althea sa abs niya at lalong-lalo na sa pwetan niya. Minsan nga nagseselos na siya, e. Mas mahal pa nga ata ni Althea ang pwetan niya kaysa mismo sa kanya.

Kung minsan din, sa sobrang baliw ni Althea sa pwetan niyang matambok, kahit nasa public place sila hindi maiwasan ni Althea na kurutin ang pwetan nito. Kahit nasa mall, o nasa Falcon's Group Of Companies sila, o nasa Park, o kahit nakatayo lang si Elton. Ang gagang si ma'am, kinukurot ito nang walang pakundangan. Walang pakialam sa mga taong nakakakita sa ginagawa niya.

Kawawang pwetan ni Elton. Ilang beses nang nakurot.

Napatango si Althea.

"Hehehe. Oo."

"Good. Let me sleep now," saad ni Elton "I love you, wife. Goodnight."

Pinikit na ni Elton ang kanyang mga mata at handa na para matulog nang maramdaman niya ulit ang pagtapik ni Althea sa kanya. Nakailang tapik pa ang bobita sa braso niya bago niya ulit binuksan ang mga mata niyang antok na antok na.

"Elton ko,"

"What now?" tugon niya "Hindi kita minumura."

Ngumiti nang pagkatamis-tamis si Althea. 'Yung ngiting may ibigsabihin na 'may kailangan pa ako sa'yo kaya hindi ka pa pwede matulog.'

"Hehehe."

"Ano na naman ibigsabihin nang ngiti na 'yan, Althea?"

"Pakurot naman sa pututoy mo."

Nanlaki ang mga mata ni Elton kasabay nang biglaang pagkunot ng noo niya. Sabay sabing,

"NO!"

At saka tumalikod na kay Althea na nag dadrama na naman at isinusumbat sa kanya kung bakit niya raw pinalaki ang tiyan ni Althea. Sinusumbat din ni Althea kung bakit pa siya pumayag na pakasalan si Elton dahil ang dami-dami naman daw na lalaki ang nababaliw sa kanya.

Ang gagang Althea pa talaga ang nanunumbat, 'no? Kakaiba ang tabas ng kapal ng

mukha ni ma'am. Hindi ko kinakaya. Sarap tapyasin.

"Elton! Maghiwalay na tayo!" saad na naman ni Althea "Hindi ko na kayang makisama sa'yo!"

Napaikot na naman ang mga mata ni Elton. Wala na tuloy siyang ibang magawa kundi pagbigyan si Althea. Nagpakurot na rin siya sa pututoy niya. Hay jusko die.

Ang hirap talaga ng buhay kapag ang asawa mo'y bobita...at mahalay.

==========

Published Under PSICOM

Hi, students! Balita?Gusto ko lang sabihin sa inyo na PUBLISHED na ang Part 1 and Part 2 ng TPG. Maari na siyang mabili sa mga bookstores na malapit sa inyo. Kung wala pa sa bookstores, ask sa customer service para makapag-order sila. P150 each.Ilan ang hati ng TPG sa Psicom? 2 ba? 3? No. 6 books ang TPG under psicom. Tangina, ang dami, bakit ganon? Wait. Bago ka mag-react, basahin mo muna 'to.

Nagtanong ako dati kung okay lang senyo kung okay lang na by parts ang TPG kung publisher, majority pumayag. Kasi 'di nila kaya ang selfpub which is mas gusto ko sana i-selfpub 'tong TPG para 2 books lang talaga sana. Kapag selfpub kasi, kontrolado ko e. Pero dahil alam kong hindi lahat afford, binigay ko sa publisher.

Pero, bakit ganon? Ang daming hati talaga.Oo, ganon talaga. Kasi may standard word count ang books sa psicom. They let me chose. Kung babawasan ang words ng TPG (Meaning, maraming scenes na mawawala para mag fit sa 2-3 books. 250k words ang TPG then 40k words lang per book sila. So ang daming mawawala, 'di ba? Possible mga funny moments ni Ma'am.)

TPG wouldn't be the same kung ang daming mawawala na moments. Kumbaga, doon ko (and niyo) minahal si Althea. Sa mga kagagahan niya. Kaya napaisip pa ako. (Ilalabas ko pa ba to sa psicom o wag na? Pero kawawa mga hindi bumili ng selfpub) Gusto kong magkaroon din ng copy yung iba so I continued negotiating with them.

2 books per release per month <This month ilalabas na ang Part 3 and Part 4. May official launching kami and booksigning> ang gagawin para mabilis niyo mabuo ang buong story. Unlike sa iba na ilang bwan na, hindi pa rin nabubuo.

6 books with differents book covers. New style book cover. Maganda siyang pang collection. Hindi ako forever magsusulat. Hindi ako forever nasa wattpad. In 2-3 years, maybe hindi ng career ang itatahak ko. Kaya mas okay kung may remembrance kayo galing sa akin. Galing sa kwento kong minsan nagpatawa at nagpaiyak senyo. (Haha drama pwe)

Hindi ko i-dedelete ang TPG sa Wattpad. Mababasa niyo siya hanggang nasa wattpad ako. Mawawala lang ito kapag binura ko na ang account ko doon.

So, there. I hope you support the books. Ginawa ko 'to hindi dahil sa akin. Dahil din senyo. Hindi ko lang libro 'to. Libro niyo rin 'to.

Maraming maraming salamat!

PS. May book launching kami sa mga dates and place na ito. I hope you'd come :DJuly 16 - Promenade Greenhills San Juan.July 23 - City Mall Imus, Cavite.August 21 - Waltermart Tanauan Batangas.

Like PSICOM's page on facebook or follow me on facebook Sic Santos for more updates of upcoming booksignings! See you, students!

PPS. Basahin niyo ang new story ko na THE CROWN PRINCESS. Kung minahal niyo ang kabobohan ni Althea, mahahalin niyo rin ang ma-attitude na si Leila Macabebe <3